Ang Mutya ng
Section E

Ang Mutya Ng Section E (Part Two) The Dark Side

eatmore2behappy

Source: https://www.wattpad.com/story/95169428?
ource=android&utm_medium=link&utm_content=story_info&wp_page=story_con
by mikiraɘɔ

Ang Mutya Ng Section E (Part Two) The Dark Side

1. Volume 1
    1. eatmore2behappy
    2. Chapter 126
    3. Chapter 127
    4. Chapter 128
    5. Chapter 129
    6. Chapter 130
    7. Chapter 131
    8. Chapter 132
    9. Chapter 133
    10. Chapter 134
    11. Chapter 135
    12. Chapter 136
    13. Chapter 137
    14. Chapter 138
    15. Chapter 139
    16. Chapter 140
    17. Chapter 141
    18. Chapter 142
    19. Chapter 143
    20. Chapter 144
    21. Chapter 145
    22. Chapter 146
    23. Chapter 147
    24. Chapter 148
    25. Chapter 149
    26. Chapter 150
    27. Chapter 151
    28. Chapter 152
    29. Chapter 153
    30. Chapter 154
    31. Chapter 155

32. Chapter 156
33. Chapter 157
34. Chapter 158
35. Chapter 159
36. Chapter 160
37. Chapter 161
38. Chapter 162
39. Chapter 163
40. Chapter 164
41. Chapter 165
42. Chapter 166
43. Chapter 167
44. Chapter 168
45. Chapter 169
46. Chapter 170
47. Chapter 171
48. Chapter 172
49. Chapter 173
50. Chapter 174
51. Chapter 175
52. Chapter 176
53. Chapter 177
54. Chapter 178
55. Chapter 179
56. Chapter 180
57. Chapter 181
58. Chapter 182
59. Chapter 183
60. Chapter 184
61. Chapter 185
62. Chapter 186
63. Chapter 187
64. Chapter 188
65. Chapter 189
66. Chapter 190
67. Chapter 191
68. Chapter 192
69. Chapter 193
70. Chapter 194
71. Chapter 195

72. Chapter 196
73. Chapter 197
74. Chapter 198
75. Chapter 199
76. Chapter 200
77. Chapter 201
78. Chapter 202
79. Chapter 203
80. Chapter 204
81. Chapter 205
82. Chapter 206
83. Chapter 207
84. Chapter 208
85. Chapter 209
86. Chapter 210
87. Chapter 211
88. Chapter 212
89. Chapter 213
90. Chapter 214
91. Trivia
92. Cover
93. Cover II
94. Chapter 215
95. Chapter 216
96. Chapter 217
97. Cover III
98. Chapter 218
99. Chapter 219
100. Chapter 220

2. Volume 2

1. Chapter 221
2. Chapter 222
3. Chapter 223
4. Chapter 224
5. Chapter 225
6. Chapter 226
7. Chapter 227
8. Chapter 228

9. Chapter 229
10. Chapter 230
11. Chapter 231
12. Chapter 232
13. Chapter 233
14. Chapter 234
15. Chapter 235
16. Chapter 236
17. Chapter 237
18. Chapter 238
19. Chapter 239
20. Chapter 240
21. Chapter 241
22. Chapter 242
23. Chapter 243
24. Chapter 244
25. Chapter 245
26. Chapter 246
27. Chapter 247
28. Chapter 248
29. Chapter 249
30. Chapter 250
31. Chapter 251
32. Chapter 252
33. Chapter 253
34. Chapter 254
35. Cover IV
36. Chapter 255
37. Chapter 256
38. Chapter 257
39. Chapter 258
40. Cover V
41. Cover VI
42. Chapter 259
43. Chapter 260
44. Cover VII
45. Part Two End
46. Cover VIII
47. Cover IX
48. Cover X

eatmore2behappy

AMNSE (Part Two) The Dark Side.

Ang part two ng kwento ni Jay-jay at ng Section E.

As i promise...

Jay-jay.

She's the only girl.

They adore her so much.

Protect her no matter what.

But what if, the girl they thought they knew is not what they really think she is.

Section E.

They are more than friends and classmate for her.

She always help them.

She will fight with or for them.

But what if, everything she thought about them is just a lie.

Part Two of 'Ang Mutya ng Section E'.

The Dark Side..

The Revelation Begins..

★**********★

Please... Read the Part One before reading this.

Kasi masakit sa ulo kung uunahin to... Magulo!

Again...

Ang istoryang ito ay kathang-isip lamang ng walang saysay na author. Ang mga pangalan, lugar, pangyayari at petsa ay nabuo dahil sa bulate sa utak nya (author) at ang pagkakapareho nito sa tunay na buhay ay pawang insidente lamang.

iGoogle natin ang CopyRight Law mga Bes...

-All Right Reserved
-Copyright (2017)

Chapter 126

Back to school

Jay-jay's POV

Very Wrong!

Feeling ko mababaliw na ko, O baliw na talaga ako?

Nakakainis!

Hindi ko maintindihan yung nangyayari sakin. Tinanggap ko na yung alok ni Yuri, dapat hindi ko na ginawa yung *anu* kay Keifer.

Basta yung *anu*---nung New Year.

Lakas kasi maka-gago nung animal na yun. *ASAR!* Parang ang dating tuloy, salawahan pa ko. *Putik!*

Ang masama nito, muntik na. Muntik na talaga! Muntik ng bumagsak ang Bataan. *Punyeta!*

Wala na kong muka'ng ihaharap kay Yuri. Nakakainis! Pagnaa-alala ko yun, naku! Bumibilis yung tibok ng puso ko. Ang init tuloy ng muka ko.

Tinignan ko yung singsing na nakasuot sa daliri ko. Gusto nila Kuya na suotin ko na daw yun at wag ng hubarin pa.

Kayalang tuwing nakikita ko yun, feeling ko nagtataksil ako.

"**Hay...**" Bulong ko.

Tumayo na ko mula sa pagkakahiga sa kama. Back to school na, ganun kabilis. Hindi ko man lang nadama or na-enjoy yung New Year celebration.

Si Keifer kasi...

Dumiretso na ko sa banyo para maligo at mag-ayos. Medyo nag-madali pa ko, ayoko kasing malate. Paglabas, habang nagbibihis, may naririnig ako'ng nag-uusap sa labas lang ng kwarto ko.

Alam kong si Tita Gema at Kuya Angelo yun. Hindi ko lang maintindihan kung bakit kailangan nilang mag-usap sa tapat ng kwarto ko.

Pagkatapos mag-ayos, lumabas na ko dahilan para tumigil sila Kuya at Tita.

"**Good Morning po.**" Bati ko sa kanila.

"**Good Morning din. Kumain kana dun.**" Sabi ni Tita at nginitian ako.

Hindi ko talaga tinignan or binati si Kuya Angelo. Masama nga kasi loob ko sa kanya.

Dumiretso na ko sa Dining. Naabutan ko si Aries na kumakain. As usual, seryoso'ng seryoso na naman. Kelan ba ngingiti to?

Kapag kasama nya si Ella.

Habang kumakain, napapansin ko si Aries na panay ang tingin sakin at parang may gusto'ng sabihin.

"**May sasabihin kaba?**" Tanung ko sa kanya.

"**Ikaw ang may sasabihin sakin.**" Sagot nya at taka ko sya'ng tinignan.

"**Ha?**"

"**Anu'ng desisyon mo? You'll stay on that stupid section of yours?**"

Eto na naman sya. Ngayon pa kaya nya ko mapapa-alis dun? Syempre, hindi papayag si Kuya. Kasama ko yung---so called---fiancé ko sa Section na yun.

Hindi ako sumagot at bumalik lang ako sa pagkain. Halata'ng nainis

si Aries sa ginawa ko.

Tumayo sya bigla. "**Kung nakinig ka sakin, hindi ka sana na-set up sa engagement na yan.**" Sabi nya at tuluyan ng naglakad paalis.

Huminto ako. Kung sumunod nga ba ako sa kanya, mang-yayari nga ba to? Matatali nga ba ko sa kasal na inayos nila.

Sa totoo lang napapagod na ko sa kakaisip sa lintik na engagement na yan.

Tinapos ko na yung pagkain ko at agad nag-ayos. Lumakad na ko at dumiretso sa labas. Napansin ko sa garahe yung kotse ni Aries.

Akala ko umalis na to!

Napatingin ako sa gate. Andun kasi si Aries at parang merong kausap. Lumapit ako sa kanya at medyo nagulat pa ko ng makita yung kaharap nya.

"**Yuri...**" Tawag ko sa kanya. "**...B-bakit andito ka?**"

Naka-cross arm pa sya habang naka-sandal sa kotse nya. Agad naman syang ngumiti sakin at umayos ng tayo.

"**Sinusundo kita.**" Sabi nya.

Akmang lalapit na sana sya sakin pero biglang humarang si Aries at tinago ako sa likod nya.

"**Hindi sya sasabay sayo... Umalis ka na.**" Seryosong utos nya.

"**Your not the one who will decide here.**" Sagot sa kanya ni Yuri.

"**A-aries... Okay lang. G-gusto ko ding maka-usap si Yuri.**" Sabi ko at tinignan nya ko.

Umalis sya sa harap ko at hinayaan akong lumakad palapit kay Yuri. Pinag-buksan nya ko ng pinto at inalalayang makasakay.

Pagsara ng pinto ng kotse, agad din naman syang sumakay. Nakita

ko pang nakatingin samin si Aries pag-andar namin.

"**So, nakapag-usap na kayo ni Angelo?**" Tanung nya.

Umiling ako. "**Hindi... Ayoko muna sya'ng kausapin.**"

"**Sorry ah? I should told you about it from the start. I don't want to force you, so i try to make an effort.**" Paliwanag nya.

Kaya pala may paluhod-luhod pa syang nalalaman. Yun na pala yun! *Tsk!*

Hinawakan ko yung singsing na naka-suot sa daliri ko.

"**P-panu pala natin sasabihin sa mga classmate natin?**"

"**I...**" Huminga sya ng malalim. "**...I already think about it. It's better kung hindi muna natin sasabihin sa kanila.**"

Taka ko syang tinignan. "**Bakit?**"

"**It's for the sake of our Section. Magkakagulo lang kapag nalaman nila. Specially now, all of them think na may feelings din si Keifer sayo.**"

Shooot!

Bakit nya binanggit yung Hari ng mga Ulupong na yun? Kainis! Yan na naman! Naalala ko na naman yung nangyari nung New Year.

Taksil!

Lumipat ako ng tingin sa bintana. Nahihiya akong humarap kay Yuri dahil sa mga pinag-gagagawa ko.

"**What do you think?**" Tanung nya sakin.

"**O-okay lang... Tama ka naman. Baka magkagulo nga lang.**"
Lalu kapag nalaman mo yung ginawa namin.

Hindi ko alam kung dapat ko bang sabihin sa kanya yun o anu. Pero ang hirap pala ng ganito. Lumalabas na niloloko ko pa ngayon sya.

Tinignan ko ulit yung singsing na nakasuot sa daliri ko. Hindi nila pwedeng makita to. Magta-tanung ng magta-tanung yung mga yun. Lalu na si Ci-N.

Hinubad ko yung kwintas na suot ko. Yung binigay ni Poseidon sakin nung christmas party. Hindi ko pa rin kasi malaman kung kanino talaga galing tong kwintas na to. Pero maganda, kaya sinuot ko.

Hinubad ko din yung singsing ko. Sinuot ko yung pinaka-kwintas sa butas ng singsing. Ginawa kong pendant yun at ng maayos na sinuot ko ulit yung kwintas.

"**Great idea...**" Komento ni Yuri at ngumiti sakin.

Ngumiti lang din ako sa kanya. Naging tahimik kami sa byahe. Salamat sa traffic----*na hanggang ngayon, kingina! pasukan na*----lalu naging awkward sa loob ng kotse.

May pagkakataon na tumitingin ako sa kanya at ganun din sya sakin. Mag-ngingitian tapos yun na yun. Uulitin namin ulit yun kahit sa totoo lang muka kaming tanga.

"**This is awkward.**" Sabi nya at bahagya'ng natawa. "**...You know what, hindi naman natin kailanga'ng career-in tong engagement na to. We can still treat each other the same way like before.**"

"**Ha?**"

"**Walang pressure. Wag nating isipin yang engagement na yan pag magkasama tayo. Act the same Jay-jay that i know.**" Sabi nya at ngumiti sakin.

Napangiti na rin ako. Tama naman kasi sya. Bakit namin iisipin masyado yang kasal na yan? Si Kuya lang naman yung name-mressure sakin.

"**Tama ka dyan.**" Sagot ko sa kanya at agad syang sinuntok sa braso.

"**Aw! What is that for?!**" Inis na tanung nya.

"**Sabi mo act the same me that you know.**" Sagot ko at umamba na naman ng panibagong suntok.

"**Nagd-drive ako! Baka ma-aksidente tayo!**"

Ay oo nga!

Binaba ko yung kamao ko. Kita ko yung paghihimas nya sa braso nya. Sa hindi ko maintindihan na dahilan bigla nalang kaming nagtawanan.

"**Sakit mo manuntok... Dinaig mo pa ko.**" Sabi nya.

"**Ikaw kasi.**"

Medyo nawala na yung pagka-ilang. Pati pressure sa lintik na engagement na yan, parang nawala na din. Mas gusto ko yung ganito.

Balik sa dating kami.

Huminto yung kotse sa parking ng school. Pagkatanggal nung seatbelt akala ko ba-baba na kami pero hinawakan ni Yuri yung kamay ko.

"**I forgot something.**" Sabi nya.

Nagulat nalang ako ng bigla nya'ng ilapit ang muka nya sakin at agad akong hinalikan sa labi.

Paglayo nya, agad syang ngumiti sakin.

"**No pressure at the engagement but that doesn't mean i'll hide my feelings for you.**" Sabi nya at agad na bumaba ng kotse.

Jay-jay salawahan! Jay-jay SALAWAHAN!

Ang tagal bago mag-function ng utak ko. Napakamot nalang ako sa ulo ng mapansin kong hinihintay pala ako ni Yuri na bumaba ng kotse.

Nagmadali ako sa pagbaba. Habang naglalakad bigla nalang akong

napahinto. Hindi nga pala kami pwedeng makita ng mga luko.

"**C-cr lang ako.**" Paalam ko kay Yuri.

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nya. Mabilis akong naglakad papunta'ng CR. Nagkulong ako sa isa sa mga cubicle. Wala akong paki kung magpang-abot na naman kami ni Freya dito.

Tang'na kasi!

Sobra na kong naguguluhan. Nung hinalikan ako ni Yuri, pumasok agad sa isip ko yung panloloko'ng ginawa or ginagawa namin sakanya.

Maling mali kasi. Engage na nga kasi diba? Kahit sabihin na arrange lang yun. Aba naman! Pumayag pa rin ako, tinanggap ko pa rin. May obligation din ako sa engagement na yan.

Kailangan kong itama yung pagkakamali na yun. Kung kailangan kong layuan si Keifer, gagawin ko. Alam naman nya na ikakasal na kami nitong si Yuri kaya maiintindihan naman siguro nya.

Kailangan ko syang maka-usap ng maayos para tumigil na sya o tigilan na namin to.

Tama! Tama!

Yun talaga gagawin ko! Inayos ko na yung sarili ko at binuksan yung pinto ng cubicle.

Wala pang isang segundo ng pagbukas ko nun. Gusto ko na ulit isara. Kung mamalasin ka naman! Yung taong gusto mong iwasan. Aytu! Sa harap ku!

Medyo nagulat pa ko pero agad ko din syang tinignan ng masama. Nakahawak pa yung isang kamay nya sa wall ng cubicle.

"**A-anung ginagawa mo dito? CR ng babae to ah!**" Sita ko sa kanya.

Bigla syang ngumiti ng nakakaloko. "**I don't care... No one can stop me.**" Sabi nya at tinulak ako papasok ulit ng cubicle.

Anaknang....

Kakasabi ko lang eh!

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Chapter 127

Mine

Jay-jay's POV

"**Anyare sayo?**" Bungad ni Edrix kay Keifer. "**...Napa-away kaba?**"

Tumingin sya sakin kaya agad akong umiwas. *Guilty!* Kasalanan naman kasi nya. Itulak daw ba ko papasok sa cubicle tapos---- *aarrggghhh!!!*

Bumalak pa ng *New Year Anu* part two ang luko!

Kainis!

No choice ako. Kinagat ko labi nya at sinuntok sya. Sinipa ko din sya *anu* nya. Kaya eto sya ngayon, mukang sumuong sa away.

"**Hindi... May nasalubong kasi ako'ng impakta.**" Sagot ni Keifer at lumakad palapit sa upuan nya.

Impakta daw?

Umiwas ako ng tingin. Kuwari wala akong alam sa nangyari sa kanya. Pero ang luko nananadya ata.

"**You'll pay for this...**" Bulong nya pagdaan sa harap ko.

Tinignan ko agad sya ng masama. Impakto eh! Hindi pala madadaan sa paki-usap tong tao na to. Kung mahirap syang kausap dati mas lalu na ngayon.

Tsk! Dapat naisip ko na yun una pa lang. *Kainis!*

Tumingin ako sa pinto ng room. Ayokong ubusin yung oras ko sa kakaisip sa kumag na to.

Wala pa din si Ci-N.

Anu na kaya nangyari dun? Gusto ko na tuloy syang puntahan sa kanila. Baka kung anu na ginawa ng Kuya nya sa kanya.

Naalala ko tuloy kung panu nya ko sigawan sa cellphone nun. Kulang nalang tumawid sya sa linya para lang masigawan ako ng harapan.

Hay...

Si Kit naman ang sunod kong hinanap. Nakasalpak sa tenga nya yung headset at parang walang paki sa nangyayari sa paligid nya.

Si Mayo, halatang gustong lumapit sa kanya pero nag-aalangan.

Lovelife pa more!

Dumating na si Sir Alvin. Nangamusta muna sya. Nagtanung kung panu namin cinelebrate yung pasko st bagong taon.

Hindi na sya nagturo at nakipag-kwentuhan nalang. Nakaka-miss din tong si Sir. Yung mahaba nyang pasensya samin at sa mga ulupong na to at yung pagsali nya sa mga kalokohan namin.

"**...Nasimulan na nga pala ang plano para sa retreat nyo.**" Biglang sabi ni Sir.

Retreat?!

"**Kasali pala kami dun?**" Tanung ni Calix.

"**Oo... Fourth year na kayo. Lahat ng students bago grumaduate kasali dun.**" Dagdag pa ni Sir.

Alam ko talaga may ganun sa mga fourth year na ga-graduate. Pero parang ang aga naman ata para pag-usapan.

"**Kelan daw gaganapin?**" Tanung nila.

"**Wala pang date pero mas maaga yun sa usual na retreat. Nag-aalanganin kasi dahil sa post-final exam.**"

Post-final exam?

Humarap ako kay Yuri at kinalabit sya.

"**Anu yung post-final exam?**" Tanung ko.

"**Meron kasing pang-lima'ng exam. Dun malalaman kung ga-graduate Yung student o hindi.**" Paliwanag ni Yuri.

Patay!

Bakit may ganun pa? Panu kung hindi makapasa? Edi hindi ga-graduate?

Kinabahan tuloy ako bigla. Hindi pa nga namin nararating third periodical examination tapos malalaman kong may ganun pala.

Kailangang paghandaan, baka magsunog ng kilay. Bukod sa hindi ako makaka-alis sa lugar na to, babalatan ako ng buhay ni Kuya kapag nagkataon.

Halos naubos ang morning class namin sa kwentuhan. Pati kasi ibang teacher hindi nagturo. Wala ata gana o ayaw lang talaga kaming turuan.

Kainan na!

"**Eto lang?**" Tanung ni Drew kay Eman.

"**Mestloaf lang meron tayo... Hindi pa kaya kayo nagbibigay ng pang-grocery.**" Sagot samin ni Eman.

Napanguso nalang ako. Naubos na kasi supply namin bago christmas party. Dapat pala ngdala ako kahit kaunti lang.

Nagtiis kami sa kanin at meatloaf. Tamihik lang akong kumakain sa pwesto ko. Pero kahit gutom ako, para'ng ang sarap itapon ng pagkain ko sa pagmumuka nitong kaharap ko.

Bigla nalang kasi'ng naupo sa Keifer sa bangkuan sa harap ko. Habang kumakain ako, pinagmamasdan nya ko.

"**Lumayas ka nga dyan!**" Inis na utos ko sa kanya.

"**If i don't want to?**" Naghahamon na tanung nya.

Kinuha ko yung pagkain ko at agad na tumayo. Aalis na sana ako ng bigla'ng nagsalita si Keifer.

"**Booooxxxeeerrr...**" Bulong nya na parang kumakanta.

Okay... Upo ulit.

Naupo ulit ako at tinignan sya ng masama. *Kainis!* Ayoko'ng malaman nila na ako yung nagbigay nun kay sa kanya.

Mukang nakakuha ng panakot ang walang hiya.

"**Anu ba kailangan mo?!**" Inis na tanung ko.

"**Nothing... Masama bang pagmasdan ka habang kumakain?**"

"**Oo... Dun ka na nga!**"

Sa halip na pakinggan ako pinagtawanan lang nya ko.

Tignan mo nga tong tao na to!

Husay mang-inis. Ayoko lang ng gulo dito, pero kapag hindi ako nakapag-pigil. *Ay naku!* Babasagin ko lahat ng pwedeng basagin sa kanya.

"**Is there a problem here?**" Tanung ni Yuri.

Hindi ko namalayan na andito na pala sya. Kinabahan ako bigla sa hindi ko maintindihan na dahilan.

"**W-wala... N-nag-aasaran lang kami.**" Mabilis kong sagot.

"**Sure?**" Tanung ulit nya.

Nag-nod naman ako. Sandali syang tumingin kay Keifer bago lumakad paalis.

Hindi ko inalis yung tingin ko kay Yuri hanggang sa makalayu sya. Nang masiguro ko'ng hindi na nya maririnig ang sasabihin ko, tsaka ako humarap kay Keifer.

Halos patayin ko sya sa mga tingin ko.

"**Itigil mo na to...**" Bulong ko na may diin.

Bahagya nyang nilapit ang muka nya sakin. "**Why?**" Bulong din nya.

"**Anu'ng why? Keifer naman!**" Tumingin muna ko sa paligid para masiguro na walang makaka-rinig samin. "**...Ikakasal na ko kay Yuri.**"

He chuckled. "**Your asking me to stop?**" Agad naman ako'ng nag-nod. "**...to stop what?**"

"**Ito! Itong ginagawa mo! Tigilan mo na ko... Layuan... Wag mo na ko landiin.**"

Sandali sya'ng tumingin kay Yuri bago muling humarap sakin at magsalita.

"**What's wrong kung landiin kita? Kung landiin ko yung *mahal ko*?**"

M-mahal...

Bakit ba nayayanig ako kapag naririnig ko yung salita na yun galing sa kanya?

"**Keifer.**" Tawag ko sa kanya. "**...Mali kasi.**"

"**Mali?! So, it's wrong to show your affection?**"

Nasampal ko nalang ang sarili kong noo. Napaka-hirap pala talaga'ng kausap nito'ng tao na to.

"**Mali nga kasi... Nilolоko natin si Yuri.**" Inis na sabi ko.

Sumasakit na yung lalamunan ko sa kakabulong ko sa kanya at kakapigil na tumaas yung boses ko.

"**Nilolоko? We're not in a relationship. Kaya bakit natin sya *nilolоko*?**"

Okay...

Yung pakiramdam na may kung anu sa dibdib ko. Oo nga naman, we're not in a relationship. So bakit nga ba ko nagde-demand sa kanya?

"**...There's nothing wrong sa ginagawa natin...**" Dagdag nya pa.

Takte!

"**...You have nothing to worry about it...**"

Please stop!

"**...Your not cheating on Yuri because we're not in a relationship.**"

Parang sampal sakin yung mga pinagsasabi nya. Wala naman pala kaming relasyon bakit nya pa ginagawa to? *Kainis!* Gusto kong maiyak na hindi ko maintindihan.

Napayuko nalang ako at sa hindi ko maintindihan na dahilan hindi ako makagalaw. Gusto kong umalis at layasan tong *Animal* na to. Pero panu ko gagawin yung kung nanigas na yung tuhod.

Sobrang bigat ng nararamdaman ko akala ko maiiyak nalang ako sa kinauupuan ko pero bigla syang nagsalita.

"**....**"

Ayaw pumasok sa utak ko ng mga salita'ng binitawan nya. Pero pinabilis nun ng husto ang tibok ng puso ko. Nagpabigla sa damdamin ko at nagpayanig sa pagkatao ko.

"**Did you hear what i said?**" Tanung nya.

Hindi ako nakapag-salita. Napatitig nalang ako sa kanya. Ngumiti sya sakin at nilapit na naman ang muka nya.

"**I will repeat it again.**" Sabi nya. "**...We are not in a relationship but YOU...**" Tinuro nya ko. "**...are...**" Tinuro nya ang sarili nya. "**...MINE.**"

A-a-anu....

Marami ako'ng gusto'ng sabihin pero ayaw talaga'ng bumukas ng bibig ko, umurong na ata ang dila ko. Dapat ba kong matuwa dun sa sinabi nya?

"**B-b-baliw kana.**" Yun nalang ang nasabi ko.

Napatayo ako ng di-oras at mabilis na naglakad palabas. Sobrang init ng pisngi ko. Hinampas ko din ang dibdib ko dahil sa sobrang bilis ng tibok ng puso ko.

Mali to!

Huminto ako sa tapat ng hagdan papunta sa second floor. Nasuklay ko nalang ang buhok ko gamit ang diliri ko.

Tang'na naman kasi!

May ilang beses na ata ako'ng nagpa-ikot-ikot sa pwesto ko. Panay din ang buntong hininga ko.

Lakas kasi'ng maka-gago ni Keifer. Hindi ko na rin maintindihan yung sarili ko. Naguguluhan na ko!

"**Aaaaggggghhhhh!!**" Sigaw ng kung sino dahilan para magulat ako.

S-sino yun?

Agad kong tinignan yung paligid ko. Wala'ng tao, hindi rin galing sa room namin yung sumigaw. May multo ata dito?

Napatingin ako sa hagdan papunta sa second floor ng building namin.

Sa taas?

Kahit hindi ako sigurado kung anu o sino yun, umakyat pa rin ako. Dahan-dahan pa ang bawat hakbang ko.

Pagdating sa second floor, may lalaki'ng suntok ng suntok sa pader

at halata'ng sagad sa galit.

"**E-edrix?**" Tawag ko.

Huminto sya at tumalikod sakin ng marinig nya ko.

"**Bakit?**" Tanung nya.

Dinig ko sa boses nya ang pamumuo nito. Mukang umiiyak sya.

"**May problema ba?**"

Hindi sya nagsalita. Mukang ayaw nyang pag-usapan. Lalakad na sana ako paalis pero bigla nalang syang humikbi.

Hindi muna ko umalis. Hinintay ko muna kung magsasalita ba sya.

"**S-sorry... H-hindi ko lang kasi mapigilan.**" Sabi nya bago sumandal sa pader.

Lumapit ako sa kanya at sumandal din sa pader.

"**Anu'ng nangyari?**"

Huminga sya ng malalim at pinunasan ang luha nya. Sa totoo lang nahihirapan ako kapag nakikita ko sila'ng ganito.

"**Naiinis kasi ako sa sarili ko. Ang torpe ko kasi.**" Sabi nya at nagpilit ng ngiti.

Ganyan din ako. Naiinis din ako sa sarili ko. Kasalanan nung peste'ng kumag na yun.

"**Bakit? Pwede mo bang ikwento?**" Tanung ko.

Sa mga oras na to, gusto kong ituon yung isip ko sa iba. Naiinis lang kasi ako kapag iniisip ko yung sitwasyon ko.

"**Ang hirap kasing ma-inlove. Tapos hindi ko man lang masabi o maparamdam sa kanya.**"

Ang hirap talaga. Pero mas mahirap kung hindi mo alam kung kanino mo ipaparamdam.

"**Kainis!**" Bulong nya.

Kainis talaga! Lalu na yung Hari ng nga Ulupong na yun-----*Teka nga!* Sabi ko itutuon ko yung isip ko sa iba pero eto ako at isip ng isip tungkol sa kanya.

Tinignan ko si Edrix. "**S-sino yung babae?**"

Tumingin din sya sakin. Kinuha nya yung cellphone nya at nagp-pindot ng nagp-pindot.

Para syang may hinahanap at ng matapos sya hinarap nya sakin ang phone nya.

Picture ng isang maganda'ng babae. Simple lang ang ayos at simple lang din ang ngiti nya.

"**Ang ganda nya diba?**" Tanung nya sakin.

Mabilis naman ako'ng nag-nod. "**Oo... Maganda.**"

"**Maganda talaga si Freya.**"

"**Oo nga... Maganda talaga si----HUH?! SI FREYA TO?!**" Gulat na tanung ko.

Pinagmasdan ko ulit yung picture. *Imposible!* Zinoom in at out ko na rin para masiguro. Si Freya nga!

Ang ganda pala kapag walang make up. Kapag simple lang ang ayos. Nagmumuka sya'ng anghel.

Hindi ba photoshop to?!

"**S-si Freya yung babae'ng----**"

"**Oo. Matagal na.**" Putol nya sa sasabihin ko.

Hala sya!! Bakit naman si Freya pa?!

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Chapter 128

Roommate

Jay-jay's POV

Kanino to?

Ang laking maleta nito. Kasya yata ako sa loob. Eto na yata ang pinaka-malaki sa lahat ng nakita ko, pero kanino to?

Pagkadilat ng mata ko eto agad ang bumungad sakin. Namalikmata pa ko, akala ko kung anu.

Bumangon ako mula sa pagkakahiga. Sinipat ko yung maleta at naghanap ng pwedeng pagkaka-kilanlan. Bubuksan ko din sana pero naka-lock yung zipper at may code pa.

Sinubukan kong itulak at ilipat ng pwesto. Sagabal din kasi sa daan.

Ang bigat!

Tao yata ang laman nito! Saksakan ng bigat, parang buong bahay ang nakalagay sa loob.

"**Kanino ba to?**" Inis na sabi ko.

Napakamot nalang ako sa ulo ko. Basta-basta nalang kasi napunta dito to ng hindi ko nararamdaman. Tinignan ko yung oras sa wall clock. Maaga pa naman.

Dumiretso ako sa banyo para mag-hilamos. Pagkatapos, nagpalit din ako ng damit. Lumabas ako ng kwarto at agad na hinanap sila Tita.

Baka kasi sila ang naglagay nun sa kwarto ko. Sa kusina ang tuloy ko, andun sila pag-ganto'ng oras at tapos ng mag-almusal. Malayo pa ko dinig na dinig ko na yung malakas na tawa ni Tita.

Binilisan ko yung lakad ko para kasing ang saya-saya nila. Pagpasok

sa loob, napahinto ako.

Ci-N?!

"**...luko kang bata ka. Hahahaha...**" Sabi ni Tita.

"**Gwapo naman po.**" Sagot ni Ci-N na nagpalakas pa lalo ng tawa ni Tita.

Pati si Tito na nagkakape natatawa na rin sa kanila. Kahit si Kuya, ngumingiti din habang napapa-iling.

"**Hahahahaha... Kumain kana nga.**" Utos sa kanya ni Tita.

"**Maya na po. Sabay na po kami ni---Jay!**" Tawag nya sakin ng makita nya ko.

"**Goodmorning Jay... Kumain kana. Sabayan mo na tong kaibigan mo.**" Sabi sakin ni Tito Julz.

Tinignan lang ako ni Kuya Angelo. Ayoko pa ding makipag-usap sa kanya. Bahala sya!

"**S-sige po.**"

"**Punta na po kami sa dining.**" Paalam ni Ci-N.

Naglakad na ko palabas ng kusina. Nakasunod naman sakin ang luko. Bago pa kami makapasok sa dining hinawakan ko agad si Ci sa kwelyo.

"**Aw... Jay!**" Sigaw nya.

"**Luko ka! Anu'ng nangyari sayo?!**" Inis na tanung ko pero may halong pag-aalala.

Sino ba naman kasing hindi mag-aalala sa batang kumag na to? Grabe! Halos hindi ako makatulog sa kakaisip sa kanya----pati kay Keifer at Yuri.

"**K-kasi...**"

"**Anu?! Anu ng nangyari sayo?!**"

"**K-kinulong ako ni Kuya eh.**" Halos pabulong nya'ng sagot.

Natigilan ako, binitiwan ko din sya at tinignan sa mga mata.

"**...sabi nya ipapadala na daw nya ko sa London. Hindi ako pumayag kaya kinulong nya ko sa kwarto ko.**" Paliwanag nya.

Tsk!

Nakaramdam ako ng galit sa busit na kapatid nya. Hindi ata nag-iisip ang lalaki na yun. Ikulong daw ba si Ci-N?!

"**Nag-alala kami sayo ni Lola.**" Sabi ko.

"**S-sorry... Kinuha din nya kasi yung mga gadget ko.**"

"**Y-yun lang ba ginawa nya sayo? Hindi ka naman nya sinaktan?**" Nag-aalalang tanung ko.

Wala na kong tiwala sa Kuya nya. Baka hindi lang pala yun ang ginawa nya kay Ci.

Hindi sumagot si Ci-N. Umiwas sya ng tingin at naghimas ng batok.

"**Ci. Magsalita ka! Anu pa ginawa sayo ng Kuya mo?!**"

Umiling sya. "**Wala na... Pero binantaan nya ko. Ikaw daw ang babalikan nya kapag hindi ako tumino.**"

Ako?! Ha!

"**Edi balikan nya! Kala naman nya natatakot ako sa kanya!**" Sagot ko at tumuloy na sa paglalakad papasok sa dining.

Sumunod naman sakin si Ci. Kala naman ng Kuya nya matatakot ako dun. Yun nga ang gusto ko, ang makaharap sya. Magkaka-alaman kaming dalawa.

Kumain na kami pareho. Walang kumikibo samin. Siguro kasi namumualan sa pagkain ang bibig nya.

Susubo ko palang sana yung bacon na nakuha ko ng biglang pumasok sa Aries at agad na tinignan ng masama si Ci-N.

"**What the...**" Bulong nya. "**...What are you doing here?!**" Inis na tanung nya kay Ci-N.

"**Hhhhmmmm... Hmm.. hmmm...**" Sagot ni Ci-N.

Huh??

Wala akong naintindihan sa kanya. Puno'ng puno pa kasi yung bibig nya, daldal na sya ng daldal.

Sakin binaling ni Aries ang tingin nya.

"**H-hindi ko pa alam. Tatanungin ko pa lang sya.**" Mabilis kong sagot.

Hindi nagsalita pa si Aries. Naupo nalang sya at kumain. May pagkakataon na tinatapunan nya ko at si Ci-N ng matalim na titig.

Kahit tuloy gusto ko pang kumain, napilitan akong tumayo agad.

"**Tara na Ci... Baka malate tayo.**" Aya ko sa kanya.

"**Huh?! Maaga pa.**" Sagot nya at sumubo ulit ng kanin.

Makisama ka naman! Hindi nya ma-gets yung gusto kong sabihin.

Pinandilatan ko sya ng mata. "**Tara na.**" Madiin kong sabi.

Kahit nagtataka, tumayo nalang din sya at naglakad kasabay ko. Habang nglalakad panay ang kalabit nya sakin.

"**Bakit?**"

"**Hindi pa ko tapos kumain. Bakit mo ko inaya?**" Tanung nya.

Luko'ng to! Hindi talaga nya nagets na may namumuong delubyo dun sa hapag.

"**Wala! Baka lang talaga malate tayo.**" Palusot

Nagkibit-balikat nalang sya sakin. Pagbalik sa kwarto, bigla nalang sya'ng nagtatakbo palapit dun sa malaki'ng maleta na nakabalandra sa tabi ng kama ko.

Hiniga nya yun at nagpipindot dun sa lock ng zipper.

Sa kanya pala to?!

"Ang laki'ng maleta nyan. Umano kaba at may dala kang ganyan?" Tanung ko sa kanya habang naglalakad palapit sa kabinet ko.

"Lumayas." Mabilis nya'ng sagot.

Tinignan ko sya ng may pagtataka. *Lumayas?!*

"Seryoso. Umano ka nga?" Tanung ko ulit.

Binuksan nya muna yung maleta bago tumingin sakin at sumagot.

"Lumayas nga. Sabi kasi ni Kuya kung hindi daw ako susunod sa kanya, lumayas nalang daw ako. Kaya lumayas ako." Paliwanag nya.

Anaknang...

Very nice. Ang lakas talaga ng sapi ng kapatid nya. Sya naman tong abnormal sineryso yung sinabi nung Kuya nya.

"Eh saan ka tutuloy kung lumayas ka?!"

Naglabas sya ng kaunti'ng damit at inilagay sa ibabaw ng kama.

"Dito sa inyo." Sagot nya habang namimili ng medyas.

Nanlaki yung mata ko sa narinig ko galing sa kanya. Nababaliw na sya! Dito talaga samin. Nawala ata sa isip nya na kasama ko si Aries sa bahay.

Baka kung anu gawin sa kanya, o' kaya naman, ako yung awayin na naman nya. Ayaw pa naman nakaka-kita ng taga-Section E nun.

"Hindi pwede! Sira ulo kaba?!" Sigaw ko sa kanya.

Tinignan nya ko habang hinahatak nya yung twalya sa mga damit nya.

"Sabi ni Kuya Angelo, okay lang daw. Tsaka alam naman ni Mama ko, nagpa-alam ako sa kanya."

Huh?!

May lumayas bang nagpaalam? At pumayag si Kuya Angelo? Edi wow!

"Sa lahat ng lumayas ikaw ang nagpaalam."

"Bakit? Syempre para alam nila kung saan ako pupunta."

May point nga naman sya don.

"**Pumayag talaga si Kuya?**" Taka kong tanung sa kanya.

Naglakad sya palapit sa pinto ng banyo. May nakasabit ng twalya sa balikat nya at may dala rin syang botelya ng shampoo.

"**Oo... Dito daw ako sa kwarto mo.**" Sagot nya sakin. "**...Mauna na kong maligo sayo.**" Sabi nya at tuloy-tuloy na pumasok sa banyo.

Ay wow!

Nahiya naman ako. Feel at home ang luko, nauna pa sakin sa banyo. Pero kung tutuusin, maganda na rin to. Atleast masisiguro ko na hindi sya inaaway ng kapatid nya.

Hindi ko nga lang sure kung panung pang-gugulo ang gagawin ng bata'ng to samin.

"***♫Bubble butt... Bubble bubble bubble butt..♫***" Kanta ni Ci-N habang naliligo.

Natawa nalang ako, dinig ko kasi yung paggalaw nya sa loob ng banyo. Mukang sumasayaw din ang luko habang kumakanta.

Nanguha muna ko ng damit na susuotin ko at hinintay matapos ang bata'ng kumag sa banyo.

Narinig ko yung phone ko. Agad kong kinuha yun sa ilalim ng

unan. Meron akong text message galing sa dalawang tao.

From: *Yuri*
Message: *GoodMorning...* 💏

Ang lakas maka-ngiti ng message na to. *Putik tong Yuri na to!* Reply naman ako agad.

Tinignan ko yung sunod na message. Kung yung kay Yuri malakas maka-ngiti, eto naman malakas makapang-buset.

From: *King Ulupong*
Message: *Get up! Basa na ng laway yung unan mo.* 💦😱

Impakto! Kayalang ata nagtext ang kumag na to para mang-buska. Hindi ko sya nireplyan. Binaba ko lang yung phone ko sa kama.

Bigla nalang lumabas ng banyo si Ci-N. Nakatapis lang sya ng twalya.

Ang bilis!

Tinignan ko yung oras sa wall clock. Kulang 10mins lang ang ginugol nya sa banyo.

"**Ikaw na.**" Sabi nya.

Kinuha ko yung twalya at damit ko. Agad akong pumasok sa banyo at sinimulan ang ritwal sa pagligo.

Habang naliligo, naririnig ko si Ci-N sa labas. Para bang meron syang kausap. Pinatay ko sandali yung shower para pakinggan pero tumahimik sila.

Binilisan ko yung pag-ligo ko. Nagbihis na rin ako. May kasama akong lalaki sa kwarto kaya dito na ko nagbihis sa banyo.

Paglabas, hindi nga ako nagkamali. May kausap ang bata'ng kumag.

Si Aries.

"**A-anung ginagawa mo dito?!**" Inis na tanung ko sa kanya.

Masama kasi ang titig nya kay Ci-N. Samantalang naka-upo lang naman sa kama yung isa habang nakatingin sa kanya.

Hindi sumagot si Aries, tinignan lang nya si Ci at naglakad na palabas ng kwarto ko.

Agad akong lumapit kay Ci-N at tinignan kung sinaktan ba sya.

"**Anung ginawa sayo ni Aries?**" Tanung ko sa kanya.

Umiling sya sakin at agad na kinuha yung sapatos nya. Sinuot nya yun at naglakad na palabas ng kwarto ko.

Bakit pakiramdam ko may sinabi or ginawa'ng hindi maganda si Aries sa kanya?

Tsk!

Nag-ayos na ko at kinuha yung bag ko. Mabilis akong tumakbo papunta sa Sala kung nasan si Ci-N at naghihintay sakin.

"**Tara na?**" Tanung nya.

Nag-nod lang ako at agad kaming naglakad palabas. Hinihintay kong magsalita sya at magsabi sa nangyari kanina pero pinili ni Ci-N na tumahimik.

Bakit? Anung nangyari?!

Asar! Hindi ako sanay ng ganito si Ci-N. Sinubukan ko syang kausapin at asarin pero pilit na ngiti lang ang binibigay nya sakin.

Hanggang sa makarating sa school. Malapit na kami sa room ng bigla syang huminto sa paglalakad dahilan para tumigil din ako.

"**Bakit Ci?**"

"**T-totoo ba?**" Malungkot na tanung nya. "**...Aalis kana ng Section E?**"

A-anu?!

Sino namang nagsa-----*pakshit!* Si Aries ang nagsabi sa kanya!

"**Sabi nya, layuan na daw kita kasi aalis kana ng Section E.**" Dagdag ni Ci-N.

"**H-hindi... Wag----**"

"**Sino'ng may sabi nun?!**" Galit na tanung ng kung sino mula sa likuran ko.

Natigilan ako. Kilabot sa buong katawan ang bumalot sakin. Kahit hindi ako lumingon alam ko kung sino yung nasa likod ko.

"**Sino'ng may sabi na aalis si Jay-jay ng Section E?!**"

+ + Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Chapter 129

Ash

Jay-jay's POV

"**Aalis kana ng Section E?!**" Gulat na tanung nila sakin.

Bigla nalang naglabasan ng room ang mga ulupong ng marinig nila yung sigaw ni Keifer.

Eskandaloso talaga to!

Agad akong umiling. "**H-hindi...**"

"**Pero yun ang sabi nya sakin.**" Pagpipilit ni Ci. "**...Kasi daw mas gusto mo daw makasama ang Papa mo kesa samin.**"

Anaknang...

Ang lakas ng tama ng Aries na yun. Kay Ci-N nya pa talaga sinabi. Kaya pala bigla nalang sya'ng tumamlay. Ay naku! May araw sakin tong horoscope na to.

"*Ha?! Bakit naman ganun Jay?!*"

"*Ayaw mo na ba kaming kasama?!*"

"*Akala ko ba solid Section E ka?!*"

"*Jay-jay! Wala naman ganyanan!*"

Sabay-sabay nilang sabi at naglapitan pa sakin. Halos masiksik nila ko pero hindi yun ang iniinda ko.

"**T-teka lang! H-hindi ganun yun!**"

"**Si Aries ba?**" Maotoridad na tanung ni Keifer dahilan para tumigil silang lahat.

Hindi ako sumagot pero tinignan nya ko sa mga mata. Hindi ko maiwasan na hindi mailang kaya umiwas ako ng tingin.

Bigla nalang sya'ng naglakad paalis. Kahit hindi sya magsalita alam kong si Aries ang pupuntahan nya. Susundan ko sana sya pero bigla nalang yumakap si Ci-N sa binti ko at nag-iiyak.

Hala!

"Ci! Anu ba yan?!" Sigaw ko.

"Wag kang aalis! Dito ka lang sa Section E!" Sigaw nya habang humahagulgol.

Pinilit kong alisin yung nga bisig nya sa binti ko pero hinigpitan lang nya ang kapit sakin.

"Jay-jay! Please!" Pagmamaka-awa nya.

"H-hindi! Hindi nga ako aalis! Bumitaw kana!"

"Jay-jay!"

Tinignan ko yung mga ulupong para manghingi ng tulong sa kanila pero tinignan lang nila ko.

Panu ko pipigilan yung isa kung hindi ako makakaalis dito?

"Alisin nyo nga si Ci-N?!" Utos ko sa kanila.

"Mangako ka muna na hindi ka aalis ng Section E." Sabi ni Eren.

Tengene nemen!

"Hindi nga ako aalis! Kailangan kong pigilan yung Hari ng mga Ulupong, kaya alisin nyo na to!" Sigaw ko sa kanila.

Dahan-dahan silang lumapit sakin at hinawakan si Ci-N pero bigla nalang nya'ng pinaghahampas ang kamay nila.

"HINDI! DITO LANG AKO!" Sigaw nya.

"Ci-N naman!"

"**Jay-jay!**" Tawag sakin ng kung sino.

Pinilit kong tignan kung sino yun. Si Yuri, tumatakbo sya palapit samin.

"**...Anu'ng... Bakit nakaganyan si Ci-N sayo?**" Tanung nya.

"**Kasi----**"

"**AALIS NA SI JAY-JAY NG SECTION E!**" Putol ni Ci-N sa sasabihin ko.

Agad akong tinignan ni Yuri. "**Totoo?**"

"**Hindi! Mamaya ko na papaliwanag! Puntahan mo si Keifer baka mag-away sila ni Aries!**" Utos ko.

Halata kasing mamaya pa ko makaka-alis dito. Hindi ko na maabutan pa yung isa kaya pinaki-usap ko na kay Yuri.

Agad naman sya'ng sumunod. *Very good! Very good!*

Binalikan ko tong bata'ng nakayakap sa binti ko. Iyak pa rin sya ng iyak, eto namang mga ulupong na to nanunuod lang.

Hinawakan ko yung muka nya at hinarap sakin.

"**Ci-N! Hindi ako aalis! Wala'ng aalis!**" Seryosong sabi ko sa kanya.

Tumigil sya sandali at tinignan ako. Hindi ko inalis ang tingin ko sa kanya para maniwala sya'ng totoo yung sinasabi ko. Bumitaw sya sakin at tumayo.

"**Totoo?**" Tanung nya.

Nag-nod ako agad sa kanya. Pinunasan nya yung luha nya at inayos din yung sarili.

Tinignan ko ng masama ang mga luko. Sa halip kasi na tulungan ako, pinanuod lang nila kami.

Bwisit!

"**Tara na! Kailangan nating puntahan yung isa!**" Sabi ko at agad na tumakbo papunta ng main building.

Agad silang sumunod sakin.

Hindi nga ako nagkamali. Si Aries nga ang pinuntahan ng walang hiya at nagsimula na sila ng away.

"**Tama na Keifer!**" Sigaw ni Yuri habang inaawat si Keifer at Aries.

Pero ayaw bumitaw nitong Hari sa kwelyo ni Aries. Pati mga Section A nakiki-awat na rin. Nagkaka-gulo na yung mga ibang istudyante.

"**Tara na! Dito na natin tapusin to!**" Hamon ni Aries sa kanya.

"**I will really END this now!**" Galit na sagot ni Keifer.

Tinignan ko yung mga kasama ko. Akala ko kaya sila sumunod para awatin tong Hari ng mga Ulupong na to. Pero nanunuod lang sila ulit.

Ang galing nyo dyan!

"**Ay baka po gusto nyong maki-awat?!**" Sarcastic na tanung ko sa kanila.

"**Hindi na... Yaan mo ng mabugbog yang pinsan mo.**" Sagot sakin ni Drew.

Tinignan ko sya ng masama. Kung sya kaya ang bugbugin ko dahil sa utang nya sakin na parang hindi na nya maalala.

Tuwing sisingilin nabibingi.

"**Awatin nyo!**" Inis na utos ko sa kanila.

Kahit mga halata'ng napipilitan lumapit agad sila kay Keifer. Lima agad silang humawak sa kanya bukod pa kay Yuri pero para'ng mga hirap pa rin sila.

"**Let go of me!**" Sigaw ni Keifer kila Felix at iba pa na may hawak

sa kanya.

"**Tama na Keifer!**" Sigaw ni Yuri.

Nakagat ko nalang ang ibabang labi ko. Ayaw kasi talaga nya'ng magpa-awat. Gusto talaga ng away. *Anu ba?!*

"**Hindi talaga magpapa-awat si Keifer!**" Sabi ni Eman.

Hindi ko na kaya pang manuod lang. Agad akong tumakbo palapit sa kanila at pilit pumagitna. Halos mapipi ako sa pagsasagupaan ng dalawa pero hindi ako nagpatinag.

Tinulak ko si Keifer ng buong lakas kaya nakakuha ng pagkakataon sila Felix na ilayo sya at pigilan sa pagsugod.

"**Tama na! Tama na! Awat na! Please lang!**" Sigaw ko habang nakapa-gitna.

"**Pwede ba?! Umalis na kayo ng mga basura'ng yan dito!**" Sigaw samin ni Mykel.

Tinignan ko sya ng masama. Makapagsalita kala ko naman napaka-linis, hininga nga nya amoy basura eh.

"**Shut up! Don't ever talk to Jay-jay like that!**" Sagot ni Yuri sa kanya.

"**Umalis na kayo Jay-jay! Nagkakagulo na yung mga istudyante dahil sa inyo!**" Utos ni Ella samin.

Kala mo naman kung sino....

Hindi ko nalang sya pinansin at lumapit nalang ako kay Keifer.

"**Tumigil kana! Umalis na tayo!**" Sabi ko at akmang lalakad na paalis pero bigla syang nagsalita.

"**Not until you swear in front of Aries!**"

Natigilan ako. Anu na naman bang gusto nya? Lumalala lang yung gulo, dapat umalis na kami dito.

"**...Swear that you'll never leave us!**" Dagdag nya pa.

Napatingin ako kay Ci-N na halata'ng hinihintay ang sasabihin ko. Ganun din sa mga kaklase kong para'ng nakiki-usap. Humarap ako ulit kay Keifer na kasalukuyan ng nakatayo ng maayos.

Matagal ko ng napag-isipan to. Kapag sinabi ko na to ngayon, wala ng bawian.

Alam kong kailangan ko talaga'ng magsakripisyo. Eto lang ang paraan na meron at alam kong malaki ang mawawala sakin.

"**I'm sorry...**" Sabi ko. Agad na ngumiti si Aries at halata naman ang pagkabigla nila Yuri. "**...Aries...**" Dugtong ko. "**...But i'm not leaving Section E.**"

Nawala ang ngiti ni Aries at agad naman ang kaligayahan ng mga Ulupong na to sa sinabi ko.

"**That's your decision. I can't do anything about it.**" Sabi ni Aries at may kinuha sa bulsa nya.

Pakshit!

Yung information ni Papa! Meron syang hiniram kay Mykel at laking gulat ko ng makita'ng lighter ang inabot sa kanya nito.

"**Sana hindi mo pagsisihan yan.**" Sabi nya at bigla nalang sinindihan ng lighter yung papel. "**...You lose your chance to be with your father.**"

Hindi ko maiwasan na hindi manlambot sa nakita ko. Yun na yung last copy ng info na iniwanan ni Papa kila Kuya. Sinira na daw kasi ni Kuya yung tunay ng malaman nyang kumuha si Aries ng kopya.

"**Anung laman ng papel na yun?**" Tanung sakin ni Keifer.

"**Yung info ni Papa...**" bulong ko.

Bigla nalang tumawa si Keifer. Napataas ang isang kilay ko. Nanlulumo na nga ako dito, nagawa pa nya kong tawanan. Nabaliw na ata sya ng tuluyan.

"You're so stupid Aries! Don't tell me na yan ang ginamit mong pang-black mail kay Jay-jay para umalis sya ng Section E?!".

Nagsalubong ang kilay ni Aries sa kanya. Naabo na ng tuluyan yung papel pero nakay Keifer pa rin ang atensyon nila'ng.

"I think you're forgetting something." Dagdag nya pa. **"...I can get anything that i want."**

"What do you mean by that?" Tanung ni Aries.

"Anything... Including information about Jay-jay's father." Sagot ni Keifer at nag-smirk.

Holy cow kalabaw!

Ngayon ko lang naisip. Meron nga pala syang motto na pang-bangko. Ang tangga ko talaga, pinuyat ko pa yung sarili ko kakaisip kung panu ko makukuha yung info ni Papa.

Sana pala nuon pa ko nagsabi kay Keifer baka natulungan nya pa ko.

Asar!

"Ha! So your saying that you can find him?" Inis na tanung ni Aries.

"In one week, i will find his information. In another week, i can contact him." Sabi ni Keifer.

Halata'ng hindi natutuwa si Aries. Ayaw nga din pala nyang magkita kami ni Papa. Bad news din para sa kanya yung mga naririnig nya.

"M-magagawa mo yun?" Tanung ko kay Keifer.

Ngumiti sya sakin. **"Trust me. Before exam day come, you'll have the chance to talk to him."**

Eto na yun, pagkakataon ko na. Makaka-usap ko na si Papa at hindi ko pa kailangang umalis ng Section E bago magawa yun.

Buti nalang talaga pinili ko sila. Bungol kang Horoscope ka! Hahaha!

In your face!

"**Umalis na tayo! Sayang lang oras natin dito!**" Sigaw samin nila Calix.

Nagpalitan muna ng masama'ng titig si Keifer at Aries bago kami tuluyang maka-alis.

Naka-ramdam ako ng excitement. Eto na kasi talaga yung matagal ko ng hinihintay.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Chapter 130

Accident

Jay-jay's POV

Late! Late! Late! Late!

Punyemas! Hindi ako ginising ni Ci-N. Hinayaan nya kong matulog at umalis sya ng hindi rin ako ginigising.

Hiya'ng hiya ako sa kanya. Matapos kong patuluyin sa kwarto ko tapos hindi man lang nag-effort na gisingin ako. Pinatay din nya ang alarm ko ah.

Sobrang nakakahiya!

Tinignan ko yung oras sa phone ko. Wala na! Hindi na talaga ako aabot. What worse?! Wala akong masakyan, kundi punuan, ayaw naman akong hintuan.

Badtrip!

Umaga pa lang pero amoy hapon na ko. Hagardo Versoza lang!

Lakad takbo kasi ang ginagawa ko. Hindi pa naman ako nakapag-almusal ng maayos. Late na nga kasi ako nagising kaya kumuha nalang ako tinapay at lumarga na.

Huminto ako sandali sa isang kanto. Sobrang hingal na kasi talaga ako. Hindi na rin naman ako aabot, bakit pa ko mag-effort na tumakbo.

"**Jay-jay!**" Tawag sakin ng kung sino.

Napatingin ako sa kabilang daan. May lalaking kumakaway sakin. *Si Rory!* Kumaway din ako sa kanya at agad syang tumawid palapit sakin.

"**Late ka na rin.**" Pang-aasar nya.

"Tinanghali ng gising. Ikaw?"

"Late na rin ako nagising." Sagot.

Sabay kaming naglakad. Hindi na rin kami nagmadali, late na nga din kasi. Sayang lang effort namin.

"Dyan kaba nakatira? Diba magkalapit kayo ng bahay ni Edrix?" Tanung ko.

Galing kasi sya sa subdivision sa kabilang daan. Hindi naman taga dun si Edrix. Alam ko malayo pa sila.

"Hindi... Dyan ako natulog sa bahay ng girlfriend ko." Sagot nya at bigla nalang ngumiti.

Alam na this!

"Yan tayo eh..."

Naghimas lang sya ng batok at ngumiti sakin. Lukong to! Mukang proud pa sa ginawa nya'ng kalokohan.

"Ganyan ba talaga kayo? Required ba sa inyong mga lalaki ang makipag----*you know,* yung anes?" Tanung ko.

Napaka-awkward nito pero hindi ko mapigilan na hindi macurious sa kanila.

"Hindi naman... Biglaan lang din kasi. Lalu na kung magpapadala ka sa tukso." Sagot nya.

Ganun?

Tukso. Buti nalang hindi ako nagpadala dyan nung *New Year*. Kung nagkataon, ay naku! Tapos ang buhay ko sa kamay ni Kuya Angelo.

"Ahh..." Sagot ko habang nag-nod.

Bigla nalang syang ngumiti ng nakaka-loko. Agad naman akong gumanti ng natalim na tingin sa kanya.

"Wala ka pang experience no?" Mapang-asar nyang tanung.

Muntik lang----ay wala!

"H-ha? W-wag mo nga akong tanungin ng ganyan!"

"Bakit namumula ka?"

Hinawakan ko agad ang pisngi ko para hindi nya makita. *Asar!* Bakit ba kasi dito napunta yung usapan namin?

"...di bale. Kapag naging kayo naman na ni Keifer, pwede ka'ng magpaturo sa kanya." Sabi nya at bigla nalang tumawa ng malakas.

Tang'na'ng to! Gago ay!

Agad ko syang tinignan ng masama. Malakas na suntok din sa braso nya ang binigay ko para tumigil sya.

"Aray... Sakit nun." Reklamo nya habang hinihimas ang braso nya.

May experience na pala yung mokong na yun. Kaya pala manyakis ang wala'ng hiya. Idagdag pa yung galawan nya nung New Year.

Aarrgghhh!! Don't think about it!

"Hindi na pala kwanan si Keifer." Bulong ko pero mukang narinig din ni Rory.

"Syempre naman, pati nga si Yuri eh. Si Ci-N nalang ata at si Josh ang wala pa." Paliwanag nya.

Pati si Yuri?!

Ewan ko ba pero ang weird sa pakiramdam ng malaman kong pare-pareho pala silang lahat na ganun.

Hindi na ko magtataka dun sa Hari ng mga Ulupong dahil manyakis naman talaga sya. Pero si Yuri at iba pa, kakaiba lang talaga.

Tumahimik nalang ako habang patuloy kami sa paglalakad. Isang kanto nalang sana at nasa school na kami pero bigla nalang ako'ng hinawakan ni Rory sa braso at hinatak papunta sa ibang direksyon.

"**Huy! Saan tayo----**"

"**Sssshhhhh... Wag kang lilingon. May sumusunod satin.**" Bulong nya sakin.

Nakaramdam ako ng kaba. Gusto ko sana'ng lumingon para alamin kung sino sila pero utos ni Rory na wag daw.

Binilisan namin ang paglalakad. Lumiko kami sa isang eskinita.

"**Tawagan mo sila Keifer.**" Utos ni Rory sakin.

Agad kong kinuha yung cellphone ko. Tatawagan ko na sana si Keifer pero bigla nalang akong tinulak ni Rory dahilan para mapasandal ako sa pader.

Nagulat nalang ako ng makita ko yung mga sumusunod samin na kinakalaban ni Rory mag-isa.

"**Rory!**" Sigaw ko.

Akmang lalapit sakin ang isa sa mga kinakalaban nya pero agad syang pinigilan ni Rory. Hindi ako makagalaw, wala man lang ako'ng magawa para matulungan sya.

"**Ayun yung babae!**" Sigaw nung mga lalaking kakadating lang.

"**Jay-jay! Umalis kana dito!**" Utos ni Rory.

Pero hindi ako makagalaw. Hindi ko sya kaya'ng iwan.

"**Jay-jay!**"

Hindi na ko nakapag-isip pa. Lumapit ako kay Rory at tinulungan sya. Basta nalang ako'ng naki-sipa at suntok.

"**Sabi ko umalis kana! Bakit andito ka pa?!**"

"**Hindi kita pwede'ng iwan!**" Sagot ko sa kanya.

"**Ha! Akala nyo ba kaya nyo kami?! Dalawa lang kayo! Mahigit sampo kaming andito!**" Sabi ng isa sa kanila.

"**Anu bang kailangan nyo?!**" Tanung ni Rory.

"**Yang babae! Alam naming girlfriend ni Keifer yan!**" Sagot ng isa sa kanila.

Ha?!

Anu daw? Girlfriend ni Keifer?! Anaknang... Saan na naman galing yang balita na yan?!

"**Hindi no! Hindi ko boyfriend yung kumag na yun!**" Tanggi ko.

"**Akala mo naman maniniwala kami?!**"

Syempre hindi!

Alam ko namang mahina ang ulo nyo para maniwala kayo sa sinabi ko. Saan ba kasi nauso yung balita na ako yung girlfriend ng kumag na yun?

"**Kailangan nating makaalis dito.**" Bulong ni Rory.

"**Pano?**"

"**Ganito...**" Sabi nya at tumingin sa paligid na parang may hinahanap. Tumingin sya sakin at biglang. "**...TAKBO!**"

Bigla nalang syang tumakbo. Medyo nalito pa ko pero agad din akong tumakbo paalis.

"**Hoy! Bumalik kayo dito!**"

Ayoko nga!

Bakit ba lagi nalang silang sumisigaw ng ganun kapag tinakbuhan sila? Akala naman nila dahil sinabi nila babalik kami ng ganun lang.

"**Jay-jay! Balik tayo!**" Sigaw ni Rory.

Tatanungin ko pa lang sana kung bakit pero nakita na yung dahilan. Mas maraming kalalakihan ang sasalubong samin.

Pero pagbalik namin, kasalubong din namin yung mga kasugapaan namin kanina lang.

Napahinto nalang kami sa gitna. Ala na! Corner na kami.

"Hindi na kayo makakatakas!"

Pakshit!

Bigla nalang naglabas ng balisong yung apat sa kanila. Pilit ako'ng tinago ni Rory sa likod nya pero walang saysay yun, nakapa-ikot sila samin.

"Ibigay mo nalang samin yang girlfriend ni Keifer para wala ng gulo!" Sabi ng isa sa kanila.

HINDI NGA AKO GIRLFRIEND NI KEIFER! *Kingina naman!* Eto nga ba sinasabi ko eh. Kasalanan to nung kumag na yun.

"Mas lalaki ang gulo kapag ginawa ko yun." Sagot ni Rory.

Sandali'ng nagtinginan yung mga may hawak ng balisong at bigla nalang silang sumugod samin.

Paglingon ko sa kabilang bahagi ko. Palapit na yung isa kanila. Hindi na ko nakagalaw, huli na kasi para umilag pa. Naipikit ko nalang ang mata ko at hinintay ang pagtama sakin ng patalim.

"JAY-JAY!"

+ +

Keifer's POV

Bakit wala pa sya? Kung nalate nga sya ng gising, atleast kahit kalahati ng lecture ni Sir Alvin maabutan nya.

Pero tapos na yung dalawa'ng subject namin. Wala parin sya.

Something is wrong.

I'm about to get my phone from my pocket but i stop. Baka maghinala na sya kung gagamitin ko na naman yun para mahanap

sya.

But i can't stop thinking about her. I'm worried and irritated at the same time. There are days that she is late but she always make it before second subject came.

If she's absent, she will call or text one of us. This is really weird.

"**Bakit kaya wala pa si Jay-jay?**" Ci-N ask looking at Jay-jay's table.

That's the same question i'm asking for about two hours now. I look at Yuri, he's looking at his notes but i know what's running in his mind.

"**Did she text or call you?**" I ask him.

He shook his head without looking at me.

Damn it!

Why are you making me worried sick? I don't have any choice. I immediately get my phone and use it.

For about a minute i'm staring at it and waiting for the result. This is the only way to find her.

Suddenly, the result just came out. Napatayo nalang ako ng makita at mabasa ko yung current location nya.

Hospital?

"**Ci-N!**" I shout. He look at me confuse. "**...Call your parents! Confirm if they have a patient that wear an HVIS uniform!**"

Kahit yung iba naguguluhan na rin. Kinuha ni Ci-N yung phone nya at nag-dial.

"**Keifer...**" Tawag sakin ni Yuri. "**...Bakit?**"

"**Si Jay-jay...**"

He stand up and look at me straight in the eye.

"**Keifer! Yung nurse sa emergency room ang tinawagan ko.**" Ci-N said while waiting for someone to answer his phone.

I can't wait anymore. What if meron ngang nangyari sa kanya? *Fvck!* Baka kung anung magawa ko kung meron ngang nangyari'ng hindi maganda sa kanya. Not again!

"**Meron daw... Lalaki, Abejar daw apilyido.**" Bigla'ng sabi ni Ci-N.

So it's not her!

I suppose to feel relief but i don't. I want to see her and confirm it with my own eyes.

"**Abejar? Diba si Rory yun?**" Tanung ni Edrix at pare-pareho silang tumingin sa upuan ni Rory.

What the... I just notice it. Wala nga din si Rory. *Wait!* Panu kung magkasama sila?

Hindi na ko nagdalawang isip pa. I immediately run out of our room. Narinig ko pang tinawag nila ko but i didn't stop.

What if something happens?!

Sumakay ako agad ng kotse. I start the engine and drive like a mad man. No one can stop at this moment.

Pagdating sa hospital, dumiretso kagad ako sa emergency. Napakaraming pasyente. Lalapit sana ako sa information pero napakaraming tao ang nakaharang sa daan.

I have no choice.

Agad akong tumakbo at lumapit sa bawat kama'ng makita ko. Binubuksan ko bawat kurtina'ng nakasara. Halos sigawan na ko ng mga nurse dahil sa ginagawa ko.

"**Keifer!**" Someone called me.

I turn around to see who it is. It was Yuri and and the others.

Andito na sila agad? Am i too occupied para hindi mapansin yung oras at bilis ng pagsunod nila sakin?

"**Anu bang nangyayari? Asan si Rory?**" Edrix ask.

But i can't answer him. Hindi naman kasi Rory ang pinuntahan ko dito.

Where the hell are you?

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Chapter 131

Blood

Keifer's POV

Jay-jay!

Please answer you damn phone! Ring lang ring pero wala namang sumasagot. If i check her current location andito pa rin sya.

"**Keifer! Nakita ko na si Rory!**" Drew shout.

Agad namin syang sinundan. Binuksan nya yung isa sa mga kurtina at bumungad si Rory. Wala syang pang-itaas at tinatahi ng nurse ang sugat nya sa likod.

"**Buti nalang at mababaw lang ang sugat. Pero tinahi pa rin namin para tumigil ang bleeding.**" Sabi nung nurse at nilagyan naman ng bandage ang sugat nya.

"**Thank you po.**" Sabi ni Rory.

We wait until the nurse walk away.

"**Asan si Jay-jay?!**" I ask immediately.

"**Andyan sa----**" He stop and look around. "**...Nawala. Andyan lang sya kanina.**"

Seriously?!

I try to look around again. Pero wala ng naka-uniform ng HVIS dito. In fact there's no other highschool student here.

"**Ang weird ni Jay-jay.**" Rory suddenly said.

"**Huh?! Anu'ng sabi mo?**" Ci-N ask.

"**Bigla nalang kasi sya'ng nanginig sa takot nung umagos yung**

dugo ko. Hindi sya nagsasalita tapos umiiyak." He explain.

No!

Nangyari na naman kaya? Hindi pwede. Panu kung nangyari na naman and right now she's still out of her mind?

Lalakad na sana ako paalis para hanapin sya ulit but i hear Rory said a name reason for me to stop.

"**Buti nalang dumating si David para tulungan kami.**" He said while smiling.

David help them. *Fvck!* No! They can't be together. Akala ba nya hindi ko napapansin. He's up to something.

I run as fast as i can. I keep calling her phone at the same time. Then out of no where i hear a very familiar ringtone.

Secret of One Republic

I follow that sound, the more i walk or run faster it's getting louder. Malayo na ko sa emergency room. Medyo madilim na yung hallway and wala na ring tao'ng dumadaan dito.

I stop, same time as the sound and my phone stop. Right at the corner, nakaupo sya sa sahig. Yakap ang mga binti at tuhod nya habang nakayuko.

I slowly walk toward her. When i get closer, i kneel down. Dun ko lang napansin na puro dugo ang katawan nya. Ganun din ang mga kamay nya.

No! Please! Wag naman sana!

"**Jay...**" I called her.

Unti-unti nya'ng tinaas ang ulo nya at tumingin sakin. Bigla nalang sya'ng umiyak ng malakas.

"**K-keifer...**" Sabi nya at agad na yumakap sakin.

I hug her back. Oh crap! Akala ko may nangyari na sa kanya. Akala ko naulit na naman.

"**You make me worried sick!**" I said and kiss her head.

"**Keifer... A-ang daming dugo.**" She said while still crying.

Hinimas ko yung likod at buhok nya. "**Sshhh... It's okay, i'm here. Don't cry.**"

"**N-natakot ako... Akala ko m-ma-uulit yung nangyari.**"

"**Stop crying... Everything is okay now.**" I said.

But she won't stop. Mahirap patigilin kung hindi naman nya kaya'ng pigilan. So, i just let her cry like a child.

But i feel relief when she said that she thought that it will happen again. It's means that it didn't happen for some reason, but why?

As much as i love to ask Jay-jay about it, i know that i can't. Hindi nga nya masagot kung bakit sya nagkakaganun panu pa kaya yung 'bakit hindi sya nagkaganun?'.

Her phone ring. Wala pa rin sya'ng tigil sa pag-iyak kaya ako na ang kumuha ng phone nya sa bag.

May bahid din ng dugo yung bag at mga gamit nya. It was Yuri whose calling her.

Not this time!

I put her phone on silent without declining the call. I won't let Yuri to have Jay-jay now.

She is mine!

"**Keifer...**" Jay-jay called me and stop crying. "**...Si Rory? Kamusta sya?**" She ask worriedly.

Umayos sya ng upo st humarap sakin. And dumi nya tignan dahil sa mga dugo sa katawan at muka nya. Puti pa naman din ang damit

nya.

"**Okay na sya...**" I said and force a smile.

I wipe her tears and blood in her cheeks.

"**H-hindi ko maintindihan.**" She said.

"**Hm?**"

"**Nakakita ako ng dugo... S-sobrang dami'ng dugo pero hindi ako nawalan ng malay at nanakit ng iba.**"

"**Will figured that one out. But right now, you need to take a rest and clean yourself as well.**" I said and stand up.

I offer my hand to her. She grab it and stand up. Hindi pa sya nakakahakbang kusa ng bumagsak ang tuhod nya at muntik na sya'ng matumba. It's a good thing my reflexes are fast, i catch her before she reach the floor.

"**Are you okay?**" I ask worriedly.

"**N-nanginginig pa rin yung tuhod ko.**"

Without having second thought, agad ko sya'ng binuhat bridal style. Ramdam ko yung pagkabigla nya.

"**K-keifer...**"

"**Shut up and let me be a gentleman.**" I said and smirk.

Minsan kasi hindi makuha ng babae'ng to na nagpapaka-gentleman ako sa kanya. Ang alam lang yata nya ang laitin ako.

Mabilis akong naglakad pabalik ng emergency room kung nasan sila'ng lahat. Nagkukumpulan sila sa pwesto ni Rory.

Kita'ng kita ko kung panu kami tignan ni Yuri. His look when he saw me helping the girl she love but she can't do anything about it. Envy, jealousy and disappointment.

"**Anu'ng nangyari kay Jay-jay?!**" Ci-N ask while running toward

us.

"Nothing. Kailangan lang nya'ng malinisan at magpahinga."

Inihiga ko sya sa kama sa tabi ng kay Rory. Mas malinaw ko sya'ng nakikita ngayon, may mga gasgas at galos din pala sya sa siko at tuhod.

"Ci-N! Get some towel and water!" Utos ko.

Agad naman nya'ng tinawag yung isa sa mga nurse at hiningi ang mga bagay na inutos ko.

Lumapit si Yuri samin at tinignan si Jay-jay.

"Jay! Anu'ng nangyari? May masakit ba sayo?!" Yuri ask worriedly.

Gusto ko'ng matawa sa itsura nya. Masyado sya'ng obvious sa harap ng mga classmate namin. Sya nagsabi na wala daw sya'ng balak ipaalam yung kung anu'ng meron sa kanila ni Jay-jay. Pero eto sya at parang pinagsisigawan yun.

That fvcking engagement!

"O-okay lang ako... Si Rory?" Jay-jay ask.

Agad namang kumaway si Rory na halos nasa katapat lang nya. Compare what they look like now? Mas muka pang napuruhan si Jay-jay kesa kay Rory.

May lumapit na nurse samin dala yung mga hinihingi ko. I grab one towel and soak it in the water. Hinawakan ko yung muka ni Jay-jay at pinunasan yung mga dugo.

Hindi ko maiwasan na hindi sya tignan sa mata. Pero sya, pinili nya'ng umiwas. I understand, specially that Yuri is in front of us.

Nanguha din ng towel si Yuri at sinimulang punasan ang dugo sa braso at kamay ni Jay-jay.

Ha! And the competition begin!

+ +
+

Jay-jay's POV

Ang weird nilang tignan. Kung hindi lang siguro sa nangyari, makukutusan ko tong dalawa na to. Hindi malaman kung talaga bang tinutulungan ako o nagpapasikatan lang sila.

Naguguluhan talaga ako! *Bakit hindi naulit yung nangyari dati sakin?*

Habang patuloy tong dalawa sa ginagawa nila, nag-uusap naman yung iba tungkol sa nangyari'ng pagsugod samin ng mga kalalakihan mula sa ibang school.

"**Ang dami nila... Si Jay-jay din ang gusto nila'ng makuha kagaya nung iba.**" Paliwanag ni Rory.

"**Sure ako'ng babalik yung mga yun.**" Sabi ni Edrix.

"**Nakakapagtaka lang, bakit ngayon sila naglabasan? Hindi dati na pakalat-kalat lang tayo sa daan.**" Sabi ni Eren.

Oo nga, bakit hindi noon? At bakit ako na naman ang target nila? Hindi ba sila napapagod, ako malapit-lapit na.

"**It very simple.**" Singit ni Keifer sa usapan nila. "**...Humina na si Ram, kaya wala ng namamagitan sa lahat ng gang sa lugar na to.**"

Si Ram? Yung sinaktan ko dati.

"**Panu'ng namamagitan?**" Tanung ni Ci-N.

Kapag talaga away, active tong isa na to. Nagiging interesado bigla.

"**He is the one who control them. Now that he is weak, wala ng kumukontrol sa kanila. Kaya para sa silang mga hayop na nakawala sa koral.**" Paliwanag ni Keifer at pinunasan ang muka ko.

"**Pero bakit si Jay-jay ang puntirya nila?**" Tanung ni Felix.

"**Para makaganti sakin.**" Mabilis nya'ng sagot.

Pare-pareho kaming tumingin sa kanya at hinintay ang sasabihin nya.

"**...They all think that you are my girlfriend.**" Sabi nya sakin.

Ay.. oo nga pala!

Yun yung sinabi nung mga sumugod sakin nung christmas party at kanina lang. Saan ba kasi nagmula yung tsismis na yan?

"**What we're going to do now?**" Tanung ni Yuri at sandali'ng tumigil sa ginagawa.

"**Pwede nating bantayan si Jay-jay, para masiguro na walang mananakit sa kanya.**" Suggestion ni Blaster.

"**Pwede rin... Pero may nga sarili din tayong pinagkaka-abalahan kaya alanganin.**" Sagot ni Felix.

"**Kung sino nalang ang pwede.**" Sabi ni Drew.

"**Pwede ako, 24/7!**" Sabi ni Ci-N habang nakataas ang kamay.

"**24/7?**" Tanung ni Josh.

"**Sa kanila ako nakatira kaya wala'ng problema.**"

Nanlaki ang mata ko sa sinabi nya. *Pakshit!* Hindi pa nila alam yung tungkol don. Natigilan sila'ng lahat at tumingin kay Ci-N.

"**Naka-tira ka kila Jay-jay?**" Tanung ni Kit.

Proud na nag-nod si Ci-N at tumingin samin. Bigla nalang sya'ng nagtago sa likod ni Felix sa hindi ko maintindihan na dahilan.

Tinignan ko yun dalawa'ng katabi ko na tumigil sa pagpupunas.

Hala! Lagot si Ci!

Masama na ang tingin sa kanya ni Keifer at Yuri. Muka silang papatay ng bata.

"**Kindly explain... Why is Ci-N live in your house?**" Tanung ni Yuri sakin.

"**A-anu?**"

Bakit ba ko bigla'ng kinabahan? Tinignan ko si Ci-N para manghingi ng tulong pero ang luko nagtago ng husto sa likod ni Felix.

A-anu ba to?!

+ + Don't forget to Vote, Comment and Share. 😈 + +

Chapter 132

Karate

David's POV

["*How is she?*"] Percy ask over the phone.

"She look terrified when i found them. Akala ko sya yung nasaksak sa dami ng dugo, pero niyakap lang pala nya si Rory." I explain.

Akala ko nung una, simple'ng gulo lang yung nadaanan ko. Ayaw ng magkabilang school. Hanggang sa narinig ko yung isa sa kanila na binanggit ang pangalan ni Keifer at girlfriend daw nya.

It's a good thing i follow my instinct. Hindi na gumagalaw si Jay-jay sa sahig habang nakatingin sa mga kamay nya'ng puno ng dugo ng makita ko sya sa gitna at pinalilibutan ng mga kalalakihan. Si Rory naman, putla'ng putla at pilit nakikipag-laban kahit muka'ng nanghihina na.

Kung hindi ako dumating baka kung anu na nangyari sa kanila.

["*Bakit nangyari to?! Anu'ng katangahan na naman ang ginawa ni Keifer at nadamay si Jay-jay?!*"] Galit na tanung nya.

Hindi ako sigurado pero malakas ang kutob kong binabalikan na sya ng mga naka-away nya dati. Specially now that Ram is no longer have the throne and power.

"Mukang si Jay-jay ang gusto nilang gamitin para makaganti kay Keifer."

["*Ha! Wala talaga'ng isip ang Keifer na yan!*"]

"Anu ng balak mo?"

["*Wala pa. Pero pagbalik ko dyan, humanda sakin si Yuri.*"] He said and ended the call.

Ibang klase! Muka'ng lalung nagatungan ang galit nya kay Yuri. Hindi ko alam ang buong kwento nila'ng magkakaibigan. Ayokong maki-usyoso at hindi ko gawain yun.

But i know somehow that Yuri owe something to him. While Keifer makes him mad because of Jay-jay. I don't hear him saying anything about Aries.

Maybe in the future i'll know what exactly happen to them.

Babalik na sana ako sa loob ng ospital pero nakita ko yung mga classmate ko na palabas na. Nakita ko pang naka-upo sa wheel chair si Rory at Ci-N. Samantala'ng akay-akay ni Keifer at Yuri si Jay-jay.

While looking at them, hindi ko maiwasan na hindi isipin si Ella. The same history is repeating at the same section and same person. Sana lang kaya ni Jay-jay na tanggapin ang tunay na ugali ng dalawa na yan at ng buong Section E kapag nagka-gulo na.

+ +

Jay-jay's POV

"***Karatey! Karatey!***" Paulit-ulit na sigaw ni Ci-N habang sumisipa sa ere.

Sasampalin ko na to eh!

Para sya'ng sira'ng plaka. Malapit-lapit ng matulig ang tenga ko. Feeling ko nalaglag na lahat ng tulok ko. *Bwisit kasi!*

Nabanggit kasi nila Mayo na mas mabuti daw na turuan ako kahit self defense lang. Basta dapat makatakbo ako agad at makahingi ako ng tulong.

Ayaw nila kong payagan na makipag-laban kahit kaya ko naman.

Pfffttt... Daya!

"***Karatey! Karatey!***"

Natampal ko nalang ang sarili kong noo dahil sa pinag-gagagawa nya. Nasa harap lang kami ng room, nakaupo ako sa isa sa mga bangko'ng nakatambak dito sa tapat namin.

"**Ci-N!**" Tawag ko sa kanya. "**...Batok mo ang kakaratey-hin ko kapag hindi ka tumigil!**"

Huminto naman ang luko at kamot ulo na lumapit sakin.

"**Tagal kasi nila Keifer.**" Sabi nya.

"**Naku! Wag ka ng umasa'ng maaga ang wala'ng hiya na yun. Dinaig pa nya principal sa oras ng pasok nya.**"

Nagkibit balikat lang si Ci-N. Sandali kong tinignan yung oras sa phone ko. Maaga pa naman at wala ding klase ngayon dahil may meeting daw mga teacher.

Aksidente akong napatingin sa rooftop ng main building. Ngayon ko lang na-realize kita'ng kita pala yun dito kahit medyo malayo.

At may tao...

Sino kaya yun? Nakatingin yata sya samin ni Ci-N. Sure ako'ng babae sya dahil naka-uniform ng pambabae.

"**Kita mo yun?**" Tanung ko habang naka-nguso sa rooftop.

"**Hm?**" Tinignan naman nya yung tinuro ko. "**...Oo, bakit?**"

"**Wala lang... Natanung ko lang.**"

"**Si Ella yan.**" Bored nya'ng sagot habang nagkukut-kot ng kung anu sa daliri nya.

"**Si Ella? Panu mo naman nasabi?**"

"**Lagi nya'ng ginagawa yan... Kumakaway pa nga sya sakin dati.**"

Oo nga pala, naging magkaibigan din sila. Pero hindi ko lang maintindihan, kung bakit para'ng wala na lang kay Ci-N yung

pinag-samahan nila.

"M-may nangyari bang hindi maganda sa inyo dati? Bakit hindi na kayo nagpapansinan?"

Sandali nya kong tinignan at bumalik sya sa ginagawa.

"May kasalanan sya sakin." Sabi nya at tumingin sa rooftop.

Andun pa rin si Ella at nakatingin samin, meron na sya'ng kasama ngayon at feeling ko si Aries yun.

"Anu yun?"

"Sinaktan ako ng mga classmate nya at wala man lang sya'ng ginawa. Humingi pa ko ng tulong sa kanya nun pero umiwas sya ng tingin." Paliwanag nya.

Ramdam ko yung lungkot sa boses nya. Mabigat siguro para kay Ci-N yun. Kaibigan nya yung hiningan nya ng tulong pero iniwasan lang sya.

"Nasundan pa yang kasalanan nya." Dagdag pa nya. **"...Yung pinagbintangan ako'ng magnanakaw nung nakaraan."**

Oo! Naalala ko yun. Si Imelda Maldita. Kala naman nya makakatagal sya. Buti nalang dumating ako nun kundi gulpi sarado na yung jowabels nya.

Ay nagulpi na pala...

"Oo.. Naaalala ko pa yun."

"Sya may pakana nun." Sabi ni Ci at yumuko.

WTF?!!!

"P-panu mo nalaman?"

"Kay Keifer." Halos pabulong nya'ng sagot.

Ang akala ko hindi nya alam o inalam pa kung sino may pakana nun. Alam kong may motto yun na pang-bangko kaya hindi na ko

nagtataka kung panu nya nalaman. Pero bakit wala sya'ng sinabi sakin.

"**Bakit wala kayo'ng ginawa?**"

Kahit parang alam ko na yung sagot sa tanung ko. Hinayaan ko pa rin si Ci-N na magsalita.

"**Ella yun eh... May tama pa si Keifer sa kanya nun.**"

Tama ako.

Asar! May kung anu'ng meron sa dibdib ko at nahihirapan ako'ng huminga. Kahit sinabi ni Keifer na ako na yung gusto nya, hindi ko pa rin maiwasan na hindi masaktan.

Tumahimik nalang ako at tumingin sa kung saan. Ayoko ng tignan yung rooftop nung building.

"**Jay-jay!**" Tawag sakin ng kung sino.

Tinignan ko naman yun. "**Bakit?**" Tanung ko kay Kit.

"**Anu'ng bakit? Tara na! Andito na si Keifer.**" Inis na sabi nya sakin.

Tumayo naman kami ni Ci at naglakad na palapit sa kanya. Pagpasok sa room, naka-ayos yung mga table at nakasiksik sa gilid.

Nakita ko yung iba na naka-tshirt nalang. Kagaya ni Yuri at Keifer.

"***Karatey 101* begin!**" Sigaw ni Ci-N habang pumapalakpak.

"**Basic ang ituturo namin sayo.**" Sabi ni Yuri.

Napakamot ako sa ulo. *Basic basic... Pfffttt...*

Tinuro ni Keifer yung pwesto sa pagitan nila ni Yuri. Pinapalipat nya ko dun. Ako naman tong wala sa sarili, sumunod naman.

"**Papakitaan ka muna namin ng mga natutunan namin.**" Sabi ni Felix.

Nag-nod naman ako at hinayaan sila.

Lumakad sa gitna si Felix habang may hawak na notebook. Tinaas nya yun at tinawag si Ci-N.

Anu'ng gagawin nila?

Pumwesto si Ci at umasta na para'ng si Bruce Lee.

"**Wooooaaaahhhhh...**" Sabi nya.

Dun ko lang na-realize kung anu'ng gagawin nila. Sisipain ni Ci-N yung notebook sa kamay ni Felix. Hindi kaya! Masyado'ng mataas at ang liit ni Ci.

Bigla nalang tumalon si Ci at umikot sa ere.

Hindi aabot! Hindi aabot!-----UMABOT!

Ang galing! Putik! Nagawa ni Ci-N, naabot nya yung notebook sa kamay ni Felix. Napapalakpak nalang ako sa pagkamangha.

"**Ang galing! Gusto ko din nyan!**" Sabi ko.

"**Matagal bago mo matutunan yan. Mag-focus muna tayo sa self defense at basic.**" Sabi ni Yuri sakin.

"**Ayoko! Ganun ang gusto ko!**"

"**Next time na nga yan! Basic muna!**" Pagpipilit ni Keifer.

"**Ganun nga gusto ko!**"

"**Ay ang kulit! Hindi nga basta-basta yan!**" Galit na sabi ni Keifer.

"**Kaya nga ituro mo!**"

"**Mahina ba kukote mo?! Next time na nga yan!**"

"**Mas mahina kukote mo! Hindi mo ma-gets ang gusto ko!**"

"**Awat na! Awat na!**" Sigaw ng mga ulupong samin.

Late ko na napansin na pinapanuod pala nila kami. Eto kasi'ng kumag na to! Hindi magets yung gusto ko.

"**Ako nalang magtuturo sayo nun.**" Sabi ni Ci-N kaya tumigil na rin ako.

Nice! High kick!

"**Simulan na natin...**" Balik ni Yuri sa topic. "**Sa buong Section E, lima kami'ng may alam ng Martial Arts. Kung isasama pa yung alam ni Mayo, anim na kami.**" Paliwanag nya.

"**Ahh... Yung kapour.**" Wala sa sarili kong sagot.

Tinignan nila ko pare-pareho. Napakamot naman si Mayo sa ulo habang natatawa.

"**Jay... Parkour yun.**" Pagtatama sakin ni Felix.

Hindi kaya! Tong mga to, ginagawa pa kong tanga. Gago ata!

"**Hindi. Kapour daw.**" Pagpipilit ko.

"**Parkour talaga.**" Sabi ni Mayo.

Hm?!

Anu ba talaga? Tanda ko talaga yun ang sinabi nya sakin.

"**Sabi mo sakin Kapour!**" Inis na sabi ko.

Feeling ko kasi napapahiya ako. Hindi maintindihan kung alin ang tama sa mga pinagsasabi namin.

"**Parkour.**" Sagot sakin ni Mayo.

"**Kapour!**"

"**Parkour!**"

"**Kapour nga sabi mo!**"

"**Parkour!**"

"Kapour! Kapour! Kapour!"

"Parkour nga sinabi!" Inis na sabi ni Mayo.

Halata'ng napipikon na sya. Mabilis pa namang mainis tong luko na to.

"Kapour! Kapour ka nga sinabi mo! Kapour! Kapour! Kapour!" Pag-uulit ko.

Halata'ng napikon na sya at pilit lang tinatago. Napapakamot na rin sya ng ulo at kilay.

"Kulit! Parkour----"

"STOP! STOP! STOP! STOP!" Galit na sigaw ni Keifer na nagpayanig saming lahat. **"...Stop it! And stop acting like a child!"**

Napayuko nalang ako sabay nguso. Yan tuloy! Nakagalitan ako ng Hari dahil kay Mayo.

Kulit kasi!

"Isa pa! Kukutusan ko kayo pareho!" Banta nya samin sabay lakad palayo.

Tinignan ko si Mayo na halata'ng naiinis pa rin sakin.

"Kapour kasi..." Bulong ko na mukang narinig din nya.

"Tanga mo! Parkour nga sinabi!" Sigaw nya sakin.

Langya'ng to! Sinabihan ako ng Tanga.

"Mas Tanga ka! Gago!" Galit na sigaw ko sa kanya.

Bigla nalang sila'ng natigilan at halata'ng nabigla sa sinabi ko. *Teka! Anu nga ulit sinabi ko?!*

"Ay... Nagmura si Jay-jay." Sabi ni Ci-N at tumingin sila kay Keifer.

Pati ako napatingin na rin sa kanya. Muka'ng alam ko na.
Patay! Bigla nalang sya'ng nag-smirk.

"**Profanity.**"

+ + Don't forget to Vote, Comment and Share. 😈 + +

Chapter 133

Kiss

Jay-jay's POV

Isinusumpa ko to'ng Hari ng mga Ulupong na to!

Ninakawan na naman nya ko ng halik. Ang masama sa harap talaga ni Yuri. Yung mga wala'ng saysay na ulupong naman naka-tanga lang samin.

Kainis!

"**Yuri...**" Tawag ko sa kanya.

Kanina nya pa ko hindi pinapansin. Nagalit ata dahil sa ginawa ni Keifer kumag. *Lagot!*

"**Hm?**" Tinignan nya ko sandali tapos bumalik sa notes na kaharap nya.

"**Uy...**" Tawag ko ulit sa kanya. "**...Bakit hindi mo ko pinapansin?**"

"**Kasi nag-aaral tayo.**"

"**Weh? Bakit dati----**"

"**Ms. Mariano, may gusto kabang i-share sa klase na to?**" Tawag sakin ng teacher.

Agad akong umiling at umayos ng upo. Ayan! Kinagalitan na ko ng teacher. Grabehan! Si Yuri kasi, ayaw akong pansinin.

Tinignan ko sya sandali. Inayos nya yung notes nya at nagbuntong hininga.

Gusto ko pa sana sya'ng tanungin ulit. Kayalang baka makagalitan na naman ako ng teacher. Tinignan ko yung notes ko'ng puro guhit

lang ang laman. Hindi kasi ako ngsulat, hindi naman kasi ako nakikinig.

Tumilas ako ng kapiraso at sinulatan yun.

'*Yuri kasi!*' sulat ko dun sa papel at tinupi yun at mabilis na inabot sa kanya.

Alanganin pa sya nung una kung tatanggapin ba nya o hindi. Tumaas pa isang kilay nya bago ako tignan at sagutan yung papel.

Mabilis nya'ng binato pabalik sakin yun.

'*Please! Pay attention to our lesson and not on me.*' sagot nya.

Touché!

Sakit ata! Tagos sa kalaman-lamanan. Benggal ako dun ah. Okay, dahil napahiya nilukot ko nalang yung papel at tinapon sa bag ko.

Nakapanga-lung-baba pa kong humarap sa board. *Kainis!* Yung nag-effort ka tapos pinahiya ka naman.

May bigla nalang tumilapon na papel sa table ko. Alam kong galing kay Yuri kaya hindi ko pinansin. Pay attention daw sa lesson, edi sa lesson tayo!

Hindi nagtagal, nasundan na naman yung papel. Sandali ko sya'ng tinignan pero patay malisya sya kaya hindi ko ulit ginalaw yung papel.

Maya-maya, may panibago na naman. Nasundan na naman yung ng isa pa. Medyo naiinis na ko sa ginagawa nya kaya inis ko sya'ng tinignan.

Kinuha ko lahat ng papel na hinagis nya sa table ko at inis na inilagay yun lahat sa table nya.

"Ms. Mariano! Kung wala kang balak makinig pwede ka ng lumabas!" Galit na sabi sakin nung teacher namin.

Anaknang...

"**P-pero Ma'am----**"

"**LABAS!**" Putol nya sa sasabihin ko.

Napilitan akong tumayo. Tinignan ko ng masama si Yuri. *Kingina kasi!* Nakayuko pa kong naglakad palabas pero hindi nakaiwas sa paningin ko yung pagtawa ni Ci-N sakin.

Bata'ng kumag!

Yari sakin tong Ci-N na to sa bahay!

Paglabas, dumiretso ako sa gilid ng room. Nagpunta ako sa part ng mapuno. Wala naman kasi ako'ng ibang pupuntahan.

Salamat kay Yuri!

Umupo ako sa bangkuan na pinwestuhan namin dati. Naalala ko bigla, dito ako una'ng hinalikan ni Yuri.

Hay naku!

Naba-badtrip tuloy ako kapag naalala ko sya. Busit kasi! Sya talaga may kasalanan kung bakit ako napalabas.

Kung hindi nya ko binato-bato ng papel na yan, nasa room pa sana ako at nakikinig sa klase----*charot!* Hindi naman talaga ako nakikinig.

"**Kainis...**" Bulong ko.

"**Sorry na...**"

"**Ay palaka!**" Sigaw ko.

Nagulat kasi ako sa nagsalita. Akala ko kasi nag-iisa lang ako dito sa labas. Agad kong tinignan ng masama yung nang-gulat sakin.

"**Hahahahaha...**"

Tawa lang! Tumawa ka lang Yuri!

"**Maligaya ka dyan?!**" Inis na tanung ko sa kanya.

Lumapit sya sakin at umupo sa tabi ko. Ganun pa din yung tingin ko sa kanya. *Impakto kasi!*

"**Sorry kung napalabas ka ng dahil sakin.**" Sabi nya.

"**May mababago pa ba yang sorry mo? Nasa labas na ko oh!**" Inis na sagot ko sa kanya.

Napayuko naman sya sabay himas ng batok. Mali yata yung sinabi ko, ang salbahe ko naman.

"**Bakit nga pala andito ka?**" Pag-iiba ko sa usapan.

"**I want to apologize and join you as well.**"

Napataas ang isang kilay ko. Join me? Adik yata tong Yuri na to. So, gusto nya'ng maki-join sa kahihiyang naranasan ko.

"**Lakas ng trip mo no? '*Join you as well*' ka dyan!**"

"**Alam ko kasi na kasalanan ko kung bakit ka napalabas. Ang panget naman if let you suffer while i'm sitting comfortable inside.**" Paliwanag nya at nagpilit ng ngiti sakin.

"**Bakit ba kasi ayaw mo kong pansinin?!**" Inis na tanung ko.

Umayos sya ng upo at huminga ng malalim. May ilang beses din sya'ng tumingin sakin at nagkamot ng ulo.

Anu na?!

"**N-nag-seselos kasi ako.**" Halos pabulong nya'ng sagot.

Natigilan ako. Mukang tama nga ako sa iniisip ko kanina pa.

"**...I know, you never admit that you love me but i can't help it. I'm inlove with you and i can't control jealousy.**" Dagdag nya.

Nakagat ko nalang ang ibabang labi ko. Eto na nga ba ang sinasabi ko. *Kainis!* Alam kong mangyayari at mangyayari to.

"**...Ako yung fiancé mo pero feeling ko ako yung nakikihati ng attention mo.**" Sabi nya at nagulat nalang ako ng makita kong may

tumulong luha galing sa kana'ng mata nya.

Nataranta ako. Gusto kong punasan yung luha nya or patigilin sya pagsasalita pero hindi ako makakilos. Ang awkward naman at kasi kung nagsasalita sya tapos.... *Haizzzttt!!*

"...Hindi naman dapat kasi ako nagde-demand sayo kasi kung tutuusin----"

Hindi ko na sya pinatapos pang magsalita. Alam ko'ng darating yung araw na magrereklamo sya sa ginagawa ni Keifer. Hindi ko nga lang napag-isipan kung anu ang isasagot ko sa kanya.

Sinabi ko na dati na umo-o na ko sa kasalan na to, may obligasyon ako kahit papano. Kasama na dun ang iparamdam sa kanya na may binibigyan ko sya ng pagkakataon para patunayan yung nararamdaman nya sakin.

At handa ako'ng patunayan yun.

Pinatigil ko sya sa pagsasalita sa paraan na alam kong hindi sya mababastos.

Hinalikan ko sya...

Hindi ko alam kung ganu na katagal na nakadikit ang labi ko sa kanya. Ramdam na ramdam ko ang bilis at lakas ng tibok ng puso ko, pati na rin ang init ng pisngi ko. Dinilat ko yung mata ko at humiwalay ako sa kanya para bigyan sya ng pagkakataon na magsalita.

Yun nga lang... *Tulaley ang tropa nyo!*

Namumula rin sya at para'ng hindi na makahinga. Hindi ko alam yung sasabihin ko. Nakaramdam na rin ako kahihiyan sa ginawa ko.

"**J-jay...**" Tawag nya sakin.

Hinintay ko yung sasabihin nya pero hindi ako makatagal ng titig sa kanya.

"**Jay... Manyak ka! Ninakawan mo ko ng halik!**" Sabi nya

dahilan para magsalubong ang kilay ko.

Ang kapal ng wala'ng hiya'ng to!

Malakas na hampas sa braso nya ang sinagot ko. Bigla nalang sya'ng tumawa ng malakas kaya lalu akong nainis sa kanya.

"**Ang kapal mo!**" Sigaw ko sa kanya.

"**Joke lang...**" Sabi nya kaya tumigil din ako.

Nakagat ko nalang ang ibabang labi ko. Yung kahihiyan kasing nararamdaman ko----*putik!*

Sandali kong tinignan si Yuri. Kita'ng kita ko yung pagkagat nya sa labi nya habang nakangiti.

"**Jay-jay...**" Tawag nya sakin. "**...Pwedeng isa pa?**"

Tinignan ko sya ng masama. Luko'ng to!

"**Abusado ka! Sasapakin kita dyan!**" Banta ko sa kanya pero tinawanan lang nya ko.

"**Eh kasi.... *Shit!* Kinikilig ako.**"

Bigla nalang ako'ng natawa dahil dun. Ngayon ko lang kasi sya narinig na nagsabi ng ganun. Sobra'ng nakakatawa yung itsura nya.

"**Nakakahiya...**" Bulong nya at tinakpan ang muka nya ng kamay nya.

Lalu pa kong natawa sa kanya. Hindi kami makatingin sa isa't isa dahil sa kahihiyan at malakas na natawanan.

May ilang minuto rin yata kami'ng ganun bago namin nabawi ang mga lakas ng loob namin.

"**Balik na tayo... Paalis na si Ma'am.**" Aya nya sakin.

Nag-nod naman ako at tumayo na kami. Lalakad na sana ako ng bigla nya kong hakawan sa braso at hatakin palapit sa kanya. Mahigpit na yakap ang binigay nya sakin.

"**Y-yuri...**"

"**Ssshhh... Please give me this moment.**" Sabi nya kaya tumigil ako. "**...You don't know, how happy i am right now. It's just a simple kiss but it gives a whole lot of impact to me.**" Hinalikan nya ko sa noo. "**...Thank you Jay!**"

T-tama ba tong ginawa ko?!

Parang may mali. Hindi ko maintindihan kung anu. Pero ramdam ko talaga na parang may mali sa ginawa ko.

Binitiwan nya ko at at hinawakan sa kamay. "**Tara na...**"

Binawi ko yung kamay ko dahilan para huminto sya.

"**D-dito muna ko... T-tignan mo kung andun pa si Ma'am.**"

Ngumiti sya sakin at nag-nod. Naglakad na sya paalis kaya naman kinuha ko yung pagkakataon para mag-isip.

Hindi ko alam kung bakit ganito. Anu'ng dapat kong gawin? Mali ba ko? Mali ba tong ginawa ko?

"**Jay! Umalis na si Ma'am!**" Tawag sakin ni Yuri.

"**Sunod ako!**" Sigaw ko sa kanya.

Tumayo na ko agad at lumakad pabalik sa room pero hindi pa ko nakakalapit sa building namin ng may bigla nalang humawak sakin sa braso at hinatak ako papunta sa likod ng room.

Hindi ko binalak bumalik sa lugar na to ng minsang mapunta ako dito. Ang sukal kasi at mas marami ang basura kumpara sa harap ng room.

Sinandal nya ko sa pader kaya dun ko lang nakita kung sino sya. Kita'ng kita ko din ang mga mata nya'ng puno ng galit. Nakaramdam ako ng takot sa hindi ko maintindihan na dahilan.

"**What do you think your doing?!**" Galit na tanung sakin ni Keifer.

"**A-anu na n-naman-----**"

"**ANSWER ME! DAMN IT!**" Sigaw nya na halos nagpasikip ng dibdib ko.

Hindi ko kaya'ng itago o itanggi pa yung takot na nararamdaman ko. Halos manginig at manlambot ang tuhod ko.

"**B-bakit ba?!**" Tanung ko habang naiiyak.

Hinawakan nya ko sa panga gamit ang isang kamay nya.

"**N-nasasaktan ako!**" Reklamo ko sa kanya.

Nilapit nya yung muka nya sakin. "**I told you... You're mine! Ulitin mo po yung ginawa mo kay Yuri, you'll pay for it.**"

Binitiwan nya ko at hindi ko na rin napigilan ang mga luha ko. Ngayon ko lang sya nakita'ng ganito.

"**Papalagpasin ko yung ginawa mo ngayon.**" Sabi nya at lumakad paalis.

Napaupo nalang ako sa sahig. Sobra yung takot na naramdaman ko. Ayoko na ulit sya'ng makita'ng ganun. Hindi ko kaya, nakikita ko yung galit na Kuya Angelo sa kanya.

B-bakit sya ganun?!

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. 😈 + +

Chapter 134

Anger

Jay-jay's POV

"**Ikaw na!**" Sigaw ko kay Ci-N.

"**Sige na kasi... Baka makita ko nung pinsan mo. Aawayin ako nun.**" Paki-usap nya habang pumapandyak.

Inis ako'ng napakamot sa ulo ko. Kanina pa kami ganito. Inuutusan nya kong kumuha ng ice cream sa kusina. Ayaw daw nya'ng lumabas ng kwarto dahil inaaway sya ni Aries kapag nakikita sya.

Yung feeling na ako yung may-ari ng kwarto at sya yung nakikitira pero ako yung inuutusan.

Nice!

"**Kainis naman to eh!**" Sabi ko sa kanya at tumayo mula sa pagkaka-upo sa harap ng study table ko.

"**Yehey! Salamat Jay!**" Sabi nya sabay palakpak.

Ewan ko sayo!

Lumabas na ko ng kwarto at dumiretso ng kusina. Si Manang lang ang naabutan kong andun. Kumuha ako ng ice cream para Bata'ng Kumag at tubig na rin.

Paglabas ko ng kusina nasa lubong ko si Tito Julz.

"**Gabi na... Baka naman sumakit lalamunan mo dyan.**"

"**Hindi yan... Dalawa naman kami'ng kakain.**" Sagot ko at nginitian lang ako ni Tito.

Nagtuloy na ko sa paglalakad pabalik sa kwarto ko. Pagpasok sa loob bumungad ang pumapalakpak sa tuwa na si Ci-N.

"**Asan yung kutsara?**" Tanung nya sakin ng iabot ko sa kanya yung ice cream.

Ay ang galing!

"**Nakalimutan ko.**" Sabi ko at agad na lumabas ng kwarto.

Halos madulas ako sa pagtakbo. Bwisit naman kasi! Agad kong kinuha yung kailangan ko at patakbo ulit na bumalik sa kwarto.

Nakasalubong ko pa si Aries pero hindi naman nya ko pinansin.

Syempre! Anu pa nga ba?!

Pagbalik sa kwarto ko. Halos hikain ako sa paghahabol ng hangin. Tinignan ko si Ci-N at yung ice cream. Hiya'ng hiya ako!

Paubos na yung ice cream na dinala ko. Kamusta naman sya?! Kingina!

"**Hoy! Ang daya mo!**" Sigaw ko sa kanya.

"**Hehehe.. tagal mo eh!**"

Sa inis ko, binato ko sa kanya yung kutsara pero ninja moves ang luko. Naiwasan nya. Badtrip!

"**Magka-tonsilitis ka sana.**" Bulong ko.

Bumalik nalang ako sa harap ng study table ko. Kailangan kong mag-aral ng maayos.

Maayos! Hindi mabuti!

Wala na kasi sa bukabularyo ko yung '*Mag-aral ng mabuti*'. Syempre, anu pang-aasahan sa katulad ko. Kaya aayusin ko nalang.

Pero panu ko kaya gagawin kung hindi maalis sa isip ko yung itsura ni Keifer. Natakot talaga ako, babae pa rin naman ako at may kinatatakutan din.

Parang kay Kuya Angelo.

"Ci..." Tawag ko sa Bata'ng Kumag.

"Hm?" Sagot nya habang patuloy sa paglantak ng ice cream.

"Nakita mo na ba'ng magalit si Keifer? Yung as in, galit na galit." Tanung ko sa kanya.

Sya kasi tong mas matagal na nakasama si Keifer kaya hindi ko maiwasan na hindi itanung sa kanya.

"Oo naman... Maraming beses na." Sagot nya.

"Talaga?"

"Oo... Pero yung hindi ko makakalimutan yung nagalit sya ng sobra kay Yuri." Sabi nya at huminto sa pagkain.

Umayos din ako ng upo para makaharap sa kanya ng maayos.

"A-anu'ng nangyari?"

"Hindi namin alam yung dahilan. Basta galit na galit sya at ayaw tigilan ng suntok si Yuri. Si Ella naman iyak ng iyak nun at panay ang awat sa kanila." Paliwanag nya.

Nakakuha na naman ako ng tsismis sa bata'ng to!

Panahon pa pala ni Ella yun. Anu kaya'ng nangyari nun?

"Anu'ng ginawa nyo?"

"Wala... Wala'ng maka-awat sa kanya. Pag-lumapit kami damay kami, kaya nagsilayo nalang kami."

Ganun sya magalit? Ewan ko pero para'ng ayoko'ng makita yun. Nito nga lang sinigawan nya ko, natakot na ko. Anu pa kaya yung ganun.

"Kawawa naman pala si Yuri."

"Hindi... Bungol yun si Yuri." Mabilis nya'ng sagot dahilan para tumaas ang isa'ng kilay ko.

"Bungol ka dyan!"

Umayos sya ng upo at humarap ng maayos sakin. Seryoso din ang tingin nya. Bagay na minsan lang nya'ng gawin.

"Duwag si Yuri. Kaya nga lagi sya'ng nakadikit kay Keifer, kasi takot talaga sya'ng kalabanin yung isa." Sabi nya dahilan para matigilan ako. **"...Hindi rin sya patas lumaban. Kumikilos sya ng palihim ng hindi namin alam."**

Habang sinasabi ni Ci-N yun, parang may kung anu sakin na ayaw maniwala sa kanya. Ngayon ko lang sya'ng narinig na nagsalita ng ganito tungkol sa classmate nya.

Oo, nagku-kwento sya dati pero hindi sa ganito'ng paraan kung panu sya magsalita ngayon.

"...Kaya nga ayoko sya para sayo. Wag mo sya'ng sasagutin kapag niligawan ka nya." Dagdag nya bago balikan yung kinakain nya.

Huli kana! Papakasalan na nga eh...

Humarap ako ulit sa study table ko. Ang weird sa pakiramdam. Ang hirap maniwala pero nang-galing yun kay Ci-N. Mas matagal nya'ng nakasama sila Yuri at Keifer kumpara sakin.

Hindi nga lang ako sure kung reliable source tong bata'ng kumag na to.

"Nood tayong movie!" Sigaw nya at may kinuha sa maleta nya.

Isa pang bag na maliit. Binuksan nya yun at bumungad ang laptop. May dala pala sya'ng ganun?

Tinignan ko yung oras sa wall clock. Maaga pa naman, kaya pa naming manood. Niligpit ko yung gamit ko at agad na tumabi sa kanya para manood.

Habang hinihintay bumukas yung laptop nya...

Ppooooooottt!

"**Ci! Ang baho!**" Sigaw ko sa kanya habang tinatakpan ang ilong ko.

Umutot ang wala'ng hiya!

"**Jay-jay! Grabe ka! Dalawa nalang tayo dito, mangbibintang kapa!**"

Kukutusan ko sana sya pero bigla nalang kumulo ang tyan nya at nasundan ng utot.

"**Ang sakit ng tyan ko...**" Bulong nya habang hinihimas ang tyan.

Kinuha ko yung laptop nya. "**Tumakbo kana sa banyo! Bilisan mo!**"

Agad naman sya'ng tumayo at tumakbo papunta sa banyo. Saktong pagpasok nya ang pagbukas naman ng laptop nya.

Marunong naman ako'ng gumamit nito kahit papano. Naisip kong mangalikot muna. Alam ko password nya.

Engot kaya mag-password to!

12345! Hahaha... Welcome *Ci-N_Pogi* daw. *Pfffttt!! Kapal!*

Tinignan ko muna yung mga movie para makapili na ko. Sobra'ng dami nga lang at hindi ko alam kung anu gusto kong unahin.

Tinignan ko din yung mga picture. Meron akong nakita'ng tatlong folder. '*Ramdom*', '*With_Jay-jay*' at '*Secret*'. Dahil dakilang pasaway ako. Binuksan ko yung '*Secret*'.

Panibagong folder yung lumabas. Ayoko'ng naniningin sa ganito. Nakakangawit! Pipindutin ko na sana yung back icon ng may mapansin ako.

Kiko_Matsing

Bigla ko nalang naalala si Kiko Evans sa hindi ko maintindihan na dahilan. Kamusta na kaya yun? Wala na kong balita sa kanya pagkatapos nung pagsugod sakin ni Freya.

Yung halos matanggal yung anit ko sa pagsabunot nya sakin.

May kung anu'ng nagtulak sakin na buksan yung folder na yun. May 10 hanggang 12 picture din ata ang laman nito.

Ci-nlick ko yung isa para lumaki at makita ko ng maayos. Pero napahinto ako sa bumungad sakin.

S-si Kiko!

Nakabulagta sa sahig, puro dugo at wala'ng malay. *Anu'ng nangyari?!* Pinindut ko yung next sa pagbabaka-sakaling may sagot sa tanung ko. Pero ibang angulo lang ng pwesto ni Kiko yung nakita ko.

Pinindot ko ulit yung next. May litratong naka-upo si Kiko. Meron namang nakasingit si Ci-N at iba pa habang naka-peace sign at parang wala lang sa kanila yung itsura ni nung isa.

B-bakit?! A-anung nangyari dito?!

Nagpipindot pa ko hanggang sa matapat ako sa isang video. Pinlay ko yun at pinanuod.

Nakatutok ang camera kay Kiko na pilit nagpupumiglas sa pagkakahawak sa kanya ni Kit at Eren.

"***Banatan na yan!***" Boses ni Ci-N yung sumisigaw.

"***Basagin na yung b*y*g ng madala!***" Sigaw naman ng kung sino.

"***Putulin nalang natin para sigurado!***" Sagot ng kung sino at malakas na tawanan ang pumaibabaw sa kanila.

Kahit hindi masyado'ng kita sa video alam kong andito sila'ng lahat. Bukod sa mga boses nila'ng nangingibabaw sa pagsigaw, makikita yung mga anino nila na madami sila.

Bigla'ng lumabas si Yuri at Keifer mula sa kabilang side. May hawak na sigarilyo at patuloy sa paghithit.

"***Alam mo naman siguro kung bakit ka andito diba?***" Seryoso'ng

tanung ni Keifer.

"***Obvious naman! Para pagtulungan ako!***" Inis na sagot ni Kiko.

"***Ayos ka din eh! Si Jay-jay pa talaga pinuntirya mo.***" Sabi ni Yuri at nagsindi ng panibagong sigarilyo.

"***Akin naman talaga dapat sya! Nakialam kasi kayo!***" Sigaw ni Kiko at isang malakad na suntok sa sikmura ang binigay ni Yuri sa kanya.

Halos bumagsak na sya sa sahig dahil sa sakit pero pilit sya'ng tinatayo ni Kit at Eren.

Hindi ko maintindihan kung bakit nila ginagawa o ginawa to. Akala ko nakaharap na nila si Kiko nung gabing pagtangkaan nya ko. Pero bakit may ganito pa sila.

"***Naiinip na ko! Simulan na natin to!***" Sigaw ni Keifer at tinapon yung upos ng sigarilyo sa kung saan.

Bigla nalang lumipat ng pwesto yung nagvi-video na palagay ko si Ci-N. Nasa kabilang side na sya nila Kiko at muka'ng katabi na nya sila Keifer.

Nang umayos yung kuha, dun ko lang napansin na nakapila yung iba sa harap ni Kiko. Si David ang nauna.

"***I have lot of reason to hurt you back, but i choose Jay-jay for this one.***" Sabi ni David at bigla nalang sinuntok si Kiko sa muka.

Bumagsak na sya sahig pero agad din sya'ng tinayo nila Kit at Eren. Natakpan ko nalang bibig ko sa pagkabigla at sa awa.

Natapos si David at sinundan ng iba. Kundi sinusuntok sa muka, sinisikmuran nila o kaya naman sinisipa sa ari. Pero hindi ko kinaya yung mga tawanan nila habang ginagawa yun.

"***Mali ka ng pinagbalakan!***" Sigaw ng kung sino.

"***Jay-jay namin yan!***"

"***Madala kana!***"

"***Tapusin! Tapusin! Tapusin!***" Sabay sabay na sigaw nila.

Ako yung nasasaktan para kay Kiko. Alam kong may mali sya at may kasalanan sya sakin pero hindi naman yata kaylangang umabot ng ganito.

May ibang humawak ng camera. Si Ci-N naman ang pumwesto sa harap ni Kiko.

"***Ako naman!***" Sigaw nya.

Bigla nalang nya'ng sinipa sa muka si Kiko. Hinayaan na nila'ng bumagsak sya sa lupa. Malakas na tawanan pa ang ginawa nila.

Puro dugo at hindi na gumagalaw. Sarado na rin ang mata nya sa pamamaga. Halata rin na hirap na sya'ng huminga.

Jusko!

"***Hindi pa ko tapos sayo!***" Dinig ko'ng sabi ni Keifer at bigla nalang nya'ng tinadyakan si Kiko sa tuhod.

Hina'ng hina na sya kaya pag-iyak nalang ang tangi nya'ng nagawa. Pakiramdam ko gusto'ng gusto na nya'ng sumigaw sa sakit sa ginawa ni Keife pero hindi nya magawa.

Nasuklay ko nalang ang buhok ko gamit ang mga daliri ko. Ako may kasalanan nito. Hindi sya sasaktan ng ganito nila Keifer kung hindi dahil sakin. Kusa nalang bumagsak ang mga luha ko dahil sa inis at sama ng loob, nagi-guilty din ako sa nangyari.

"**Jay-jay! Okay na!**" Sabi ni Ci-N habang lumalabas ng banyo.

Agad ako'ng tumayo at hinarap sya.

"**Bakit? Umiiyak kaba?**"

"**Bakit nyo ginawa kay Kiko yun?!**" Sigaw ko sa kanya.

Nagtaka pa sya nung una pero nang makita nya yung laptop nya sa

sahig natigilan sya.

"Ci-N! Bakit?!"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Chapter 135

Unexpected Visitor

Jay-jay's POV

Tutuloy ba ko?!

Wag na kaya! Dumiretso na kaya ako sa school. Pero kailangan ko sya'ng makita.

Badtrip!

"**Jay-jay...**" Tawag sakin ni Ci-N. "**...Makakagalitan ako ni Keifer nito ih!**"

"**Lakompake!**" Inis na sabi ko sa kanya.

Sya naman ang kakagalitan. Hindi naman ako. Mga bwisit kasi! Hindi na naawa kay Kiko at ganun nalang ang ginawa nila.

Naka-usap ko na si Ci-N at nilinaw nya sakin yung nakita ko sa video. Ganti daw talaga nila yun kay Kiko dahil sa ginawa nya sakin.

Pero hindi ko naitago yung galit ko sa kanya. Oo, may kasalanan yung tao sakin pero sobra-sobra naman yata yung ginawa nila.

Hindi pa ba sapat yung sinaktan nila si Kiko nung mismong gabi na niligtas nila ko sa kanya.

"**Wag kana tumuloy... Baka hanapin ka ni Keifer sakin. Hindi ko alam sasabihin ko.**" Pagmamakaawa nya.

"**Sabihin mo nalate ng gising.**"

"**Hindi pwede!**"

Napataas ang isang kilay ko. "**Anu'ng hindi pwede?!**"

"**A-alam ni Keifer kapag nagsisinungaling ako.**" Sabi nya habang nagkakamot ng ulo sa inis.

"**Galingan mo kasi...**"

"**Hindi kasi ganun yun!**" Inis na sabi nya.

"**Tsk! Umalis kana nga!**" Utos ko sa kanya sabay highkick.

May ilang beses ko ng pinag-aaralan yan. Halos mapilay na ko magawa lang yun. Pero hindi pa rin kaya!

"**Jay-jay kasi!**"

Agad kong pinara yung palapit na taxi sa kinatatayuan ko. Sumakay ako agad paghinto. Tinignan ko muna ng masama yung bata'ng kumag na muka ng naiiyak sa kinatatayuan nya.

"**Kuya... Sa Benedict Hospital po tayo.**" Sabi ko sa driver at nag-nod naman sya.

Umandar yung taxi at naiwanan na ng tuluyan yung bata'ng kumag. Bahala sya magpalusot kay Keifer.

Medyo malayo yung Benedict Hospital. Buti nalang at inamin din sakin ni Ci-N kung sana'ng ospital dinala si Kiko. Akala ko dadain ko pa sya sa dahas.

Nakatingin lang ako samay bintana. Maluwag ang trapiko sa araw na ito at sinabayan pa ng maganda'ng panahon. Maganda din ang araw na ito para----*bakit naging tunog reporter?*

May 20 minutes din ang naging byahe. Utas ang bulsa ko sa pamasahe. Putik! Sana pala nanghingi ako kay Ci-N, tutal sila naman may kasalanan kung bakit ako pupunta dito.

Maliit lang ang ospital, hindi kagaya ng nasa isip ko. May apat na palapag lang. Kaunti lang din ang nakikita kong sasakyan na naka-park. Ganun din ang mga taong labas masok sa main entrance.

Maganda yung paligid. Muka'ng park at maraming puno. Meron din sila'ng cottage at mga lamesita sa gitna. May maliit na playground

at pathway sa gilid.

Ospital ba talaga to?!

Dumiretso na ko sa Main entrance ng ospital. Security gaurd ang bumungad sakin. Sinilip muna nya yung loob ng bag ko bago ako tuluya'ng papasukin.

Lumapit ako sa Information counter *tsutsu* nila. Yung kasi ang nakalagay sa harap ng counter nila. '*Information*'.

"**Good morning po... May pasyente po ba kayo'ng Kiko Evans?**" Tanung ko dun sa babae.

Tinignan nya ko sandali tapos ngumiti sakin. "**Meron po... Classmate ka din nya?**"

Mukang napansin nya yung uniform na suot ko. Ngumiti nalang ako sabay nod.

"**Peram po ako ng ID nyo.**" Sabi nya.

Kinuha ko naman yung ID ko at inabot sa kanya. Habang nagpipindot sa keyboard, panay ang tingin ko sa paligid. Muka kasi'ng pang-mayaman yung ospital, tapos kakaunti talaga yung tao.

"**Kaka-alis lang ng isang classmate nyo kanina. Hindi kayo nag-pang-abot.**" Sabi nung babae at patuloy sa pagpindot.

"**Ahh... H-hindi po kasi nila ko sinabihan.**" Palusot ko.

Binalik nya sakin yung ID ko. "**Ganun ba... Nasa Rm C9 sya.**" Sabi nya sakin.

"**Salamat po.**" Sabi ko at akmang lalakad na paalis pero bigla kong na-realize na hindi ko alam kung saan yung C9. "**Saan po pala yung C9?**"

"**Third floor po... Yan lang po ang elevator at hagdan.**" Sabi nya sabay turo sa kabilang bahagi lang ng counter.

"**Salamat...**" Sabi ko at agad na tumakbo palapit dun sa elevator.

Sakto nama'ng kakabukas lang dun kaya nakasakay ako agad. Pinindot ko yung number 3.

Hindi kagaya sa karaniwang ospital, mabango yung amoy dito. Hindi amoy gamot o malansang dugo o kaya disinfectant.

Pagbukas ng elevator, feeling ko hindi na ospital tong kinalalagyan ko. Hotel na ata to, ang ganda kasi ng hallway at may hala-halaman pa sa gilid.

Hinanap ko yung Room ni Kiko.

C5... C6... C7... C8... C9!

Huminto ako sa tapat nun at huminga ng malalim. Kinakabahan kasi ako. Alam kong suntok sa bwan tong gagawin ko.

Kumatok muna ko sandali. Walang sumagot kaya inulit ko pa. Pero wala pa ring nagsasalita kaya naglakas loob na kong buksan yung pinto.

Dahan-dahan pa ang naging kilos ko. Malakas na volume ng Tv ang sumalubong sakin. Kaya pala hindi ako nadidinig.

Malaki yung kwarto, may sofa set malapit sa kama. May lababo na pang kusina, maliit na ref, maliit na dining table at isa pang pinto na mukang CR. Nasa sulok ang kama, katapat ng malaking bintana at flat screen tv.

"**Mamaya nalang ako kakain... Wala pa kong gana.**" Sabi ni Kiko na nakaharap sa Tv.

Hindi ko alam kung gano na sya katagal dito. Pero yung itsura nya...

May cast ang kaliwang binti nya, mula talampakan hanggang hita. Muka'ng ito yung parte na sinipa ni Keifer, mula dun sa video.

Benda naman ang nakabalot sa angkla ng kabilang paa nya. May Cast din ang kana'ng braso nya at tangging kaliwa'ng kamay lang ang nagagamit nya, na sya nama'ng kasalukuya'ng may hawak ng remote.

May neck brace din sya at may mga sugat at pasa pa sa muka.

Nakagat ko nalang ang ibabang labi ko. Hindi ako nakapaniwala na kaya'ng manakit ng ganun ng mga Ulupong na yun. Oo, nakikipag-away sila pero sa mga tao'ng lumalaban sa kanila. Hindi ko din matanggap na kaya nila'ng pagtulungan ang isang tao'ng wala'ng laban.

"**K-kiko...**" Tawag ko sa kanya.

Tumingin sya sakin, ng makilala ako ng husto napatitig nalang sya at pinatay yung Tv gamit yung remote sa kamay nya.

Hindi sya nagsasalita. Wala din sya'ng reaksyon. Ang hirap tuloy malaman kung galit sya sakin.

"**K-kamusta?**" Tanung ko habang naglalakad palapit sa kanya.

Parang alanganin ang tanung ko.

"**N-nito ko lang nalaman na... Ganito y-yung nangyari sayo.**" Panimula ko at huminga ng malalim. "**...H-humihingi ako ng----**"

"**Don't.**" Putol nya sa sasabihin ko.

"**Ha?**"

"**Don't apologize. I deserve this.**" Sabi nya na pinagtakhan ko.

"**Pero...**"

"**What i did is unacceptable, i deserve this.**" Sandali sya'ng nagpilit ng ngiti. "**...I'm the one who should apologize to you.**"

Hindi ako makapag-salita. Nakatingin lang ako sa kanya. Para kasing nakita ko ulit yung Kiko'ng naging crush ko dati.

"**Please... Accept my apology. Wala ako sa sarili ko nun. Broken hearted kasi binasted mo ko, kaya kung anu-anu nalang pumasok sa isip ko. I'm really sorry Jay.**" Paliwanag nya.

Lumapit ako sa kanya at hinawakan ang kamay nya. Mali'ng mali

talaga yung ginawa nya, pero nagbayad na sya. Sobra-sobra pa nga eh. Kita ko naman na nagsisisi talaga sya.

"**Apology accepted.**" Sabi ko at ngumiti.

Ngumiti sya sakin. "**Thank you.**" Sandali sya'ng tumingin sa likod na para'ng may hinahanap. "**...ikaw lang?**"

Nag-nod naman ako. Umikot ako sa kabilang side ng kama ng mapansin ko yung bangkuan. Naupo ako dun at agad na binuksan yung bag ko.

Kinuha ko yun dala kong baunan at nilapag dun sa bedside table.

"**Anu yan?**" Tanung nya sakin.

"**Sopas... Hindi ko kasi alam yung pwede'ng dalin sayo. Sakto nama'ng nagluto si Manang ng ganito dahil may sakit si Kuya Angelo.**" Paliwanag ko.

"**Salamat... Maya ko nalang kakainin.**"

Hinayaan ko naman sya dahil muka nga talaga'ng wala sya'ng gana. Pinagmasdan ko din ang muka at katawan nya. Medyo namayat sya at humaba ang buhok.

Pareho kami'ng tumahimik. Nakakailang, hindi ko naman kasi alam kung anu'ng una kong sasabihin sa kanya.

Awkward naman nito!

Bigla nalang tumunog yung phone ko kaya agad kong kinuha sa bag ko yun.

King Ulupong Calling...

Sinilent ko yung phone ng hindi pinapatay. Ayoko'ng sagutin, bahala sya sa buhay nya.

"**Mukang hinahanap kana ng mga classmate mo.**" Sabi ni Kiko at ngumiti.

"Ahh.. Haha.. H-hindi naman... Yaan mo sila... Haha..."

Asar! Hindi ko mabanggit o mapag-usapan yung mga luko sa harap nya. Sila nga kasi may gawa nito, ang pangit naman ata kung babanggitin ko pa sila.

"You're very lucky Jay... Your classmate and friends love you so much. They are willing to fight for you." Seryoso'ng sabi nya dahilan para mapatitig ako sa kanya. **"...Hindi sila ganyan kay Ella dati."**

Question mark sakin yung sinabi nya. Hindi sila ganito kay Ella? Bakit? Panu ba sila kay Ella'ng ganda-gandahan?----*harsh!*

"Siguro nga..." Pabulong kong sagot. Napa-ubo ako ng bahagya. **"...K-kamusta ka nga pala dito? Kailan ka daw makakalabas?"** Pag-iiba ko sa usapan.

"Matagal pa. Approximately 6 to 8 months for my full recovery. Tapos kailangan ko pang mag-therapy."

Yung napalunok nalang ako sa sinabi nya. Pvtang'na! Sobra-sobra yung perwisyo'ng nangyari sa kanya.

"...More than 1 month na ko dito. Kaya may 5 to 7 months pa kong tatambay dito." Dagdag nya at bahagya'ng tumawa.

Napayuko ako. Nahihiya ako sa kanya. Yung oras kasi na sana ginugugol nya sa pag-aaral, napunta lang sa paghiga nya dito sa hospital bed.

"P-panu yung pag-aaral mo?" Tanung ko na feeling ko mali ata.

Expelled men!

"Home schooling... Nagpupunta yung teacher ko dito before 10am. Kami na bahala kung gano katagal uubusin naming oras sa pag-aaral." Paliwanag nya.

Ay ang taray naman pala nya! Home school ang lolo mo. Para'ng gusto ko din nun.

"Anu pa lang sabi ni Freya?"

Susulitin ko na. Makiki-tsismis na ko.

"Wala... Hiwalay na kami." Mabilis nya'ng sagot at tumingin sa malaking bintana. **"...Sabi nya, ayaw daw nya ng baldado'ng boyfriend. Kaya nag-break nalang kami."**

Ay wow!

Grabehan! Una kay Grace, sa halip na tulungan yung nabuntis na kaibigan, pinagtawanan pa nya. Ngayon naman, sa halip na alalayan yung boyfriend, hiniwalayan nalang.

Very nice!

"Kakaiba din yung babae na yun."

"Ganun talaga sya... Kapag wala na sya'ng pakinabang, binabaliwala na nya."

"Tss... Halata nga." Komento ko at bahagya sya'ng tumawa.

"Pero hindi naman talaga sya dating ganun. Nasaktan lang kasi kaya nagbago."

Napatingin ako sa kanya. Si Freya nasaktan? Imposible! Nasa itsura pala nya yung masaktan.

"Hindi halata'ng nasasaktan sya ah?"

Bigla nalang sya tumawa. **"Grabe ka kay Freya... Seriously, hindi talaga sya ganun. Pantasya namin sya dati nila Mykel nung grade school at summer class. Pagtuntong nga lang ng highschool nag-iba na sya."**

Bigla kong naalala yung picture na pinakita sakin ni Edrix. Pantasya talaga yung itsura nya dun. Ang ganda at ang simple ng ayos.

"Anu kaya'ng nangyari sa kanya?" Tanung ko.

Hindi sumagot si Kiko, tumahimik sya at sandali'ng nag-isip.

"**Itanung mo kila Keifer at Yuri.**" Halos pabulong nya'ng sabi.

Taka ko sya'ng tinignan. Medyo matagal bago nagflashback sa isip ko na si Freya nga pala ang first girlfriend ni Keifer.

Pero bakit pati si Yuri?

"Anu'ng ibig mong sabihin dun?"

Bahagya sya'ng yumuko. "**It's not my story to tell... But from what i remember, namatay yung boyfriend ni Freya at pinagpasa-pasahan na sya nila Keifer, Yuri at Aries.**"

Shutang'names!

Hindi ko kinaya! Hindi talaga! Pakiramdam ko nagtambling yung mga bulate sa utak ko. Napa-nganga nalang ako sa kwento'ng naririnig ko.

Si F-freya... Argh!

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Chapter 136

Falling In Love

Jay-jay's POV

"**WHERE HAVE YOU BEEN?!**" Galit na bungad sakin ni Keifer habang naka-cross arm.

Kamot batok ako'ng tumingin sa ibang direksyon. "**...L-late na ko nagising.**"

"**Sabi ni Ci-N, may pinuntahan ka daw.**" Sabi ni Yuri.

Agad kong hinanap ang bata'ng kumag. Luko'ng yun! Sinabi ng sabihin na nalate ako ng gising.

"**M-meron nga... K-kaya nga ang tagal ko diba?**" Palusot ko.

Pero masama pa rin ang tingin sakin ni Keifer. Nakayuko ako'ng dumaan sa harap nya.

"**Bakit hindi mo sinasagot yung phone mo?**" Maotoridad nya'ng tanung.

"**K-kasi... Anu... Alam kong ikaw yung tumatawag.**" Sagot ko at agad na tumakbo palayo sa kanya.

Hehehe.. Ang bad ko ba!

"**Pwede next time, sabihin mo agad samin. Nag-aalala kami sayo. Panu kung maulit yung insidente sa inyo ni Rory?**" Nag-aalala lang sabi ni Yuri.

Napayuko nalang ako. "**S-sorry... Promise! Next time.**" Sabi ko sabay taas ng isang kamay.

"**Wooohhh... Promise! Promise! Hindi yan matutupad.**" Pang-aasar ni Eren kaya tinignan ko sya ng masama.

"**Promise are meant to be broken.**" Gatong ni Ci-N.

Aba!

Pagtulungan daw ba ko. Mga impakto'ng to!

"**Pero saan ka talaga galing Jay?**" Tanung ni Kit.

"******Ubo*****...A-anu... Dyan lang...**" Pabulong kong sagot.

Hindi ko masabi ng maayos. Hindi ko alam kung anu'ng lugar yung sasabihin ko.

"**Anu?**" Tanung nila.

"**Anuuuu... Dyaaannn... Saaaa...**" Mahaba kong sagot at hinintay naman nila yung sasabihin ko.

"**Kung ayaw mong sabihin... edi wag!**" Galit na sabi ni Keifer at dumiretso sa upuan nya.

Hinayaan nalang din ako ng iba at naupo na sila. Sakto naman at dating ng sunod naming teacher.

Habang nagkaklase, hindi ko maiwasan na hindi tignan si Edrix. Naalala ko kasi yung sinabi ni Kiko sakin. Muka'ng na-inlove sya sa maling tao.

Pero anu kaya'ng nangyari sa kanya at napunta sya sa tatlo na to?!

Meron nga pala'ng sinabi sakin si Rakki dati. Yung may something daw kay Aries at Freya dati. Hindi kaya yun yung sinasabi ni Kiko?

Wala ako'ng pwedeng sabihin kay Edrix. Wala din naman kasi ako'ng balak tulungan sya. Hindi sa naninira ako o anu pa man. Pero ayoko si Freya para sa kanya.

Alam kong mapang-husga yung dating pero kasi... Hindi pa ko sigurado sa totoong nangyari sa kanya at sa pagitan nung tatlo. Baka mamaya, masaktan lang sya ulit.

Natapos ang subject namin ng ganun-ganun nalang. Kasi naman,

mahirap makinig sa klase ng maraming iniisip.

"**Jay-jay...**" Tawag sakin ni Eren.

Tinignan ko sya at sinesenyasan nya ko'ng lumabas ng room. Sumunod naman ako sa kanya. Pagdating sa labas, akala ko may kailangan sya pero hinatak nya ko papunta sa hagdan.

"**A-anu tayo?**" Tanung ko sa kanya.

"**Si Mayo kasi...**" Sabi nya at tumingin sa pinto ng room namin sandali. "**...Kinukulit nya ko. Nakiki-usap na tulungan ko sya kay Kit.**"

"**Edi tulungan mo...**" Bored kong sagot.

Yun na nga lang kasi, iistorbuhin pa ko.

"Hindi pwede... Binantaan ako ni Kit. Kapag daw nakialam ako sa kanila ni Mayo, isusumbong nya ko sa *MGA* girlfriend ko. Kaya sana..." Hinintay kong ituloy nya ang sasabihin nya. "**...Ikaw na kumausap sa kanila.**"

Ako talaga?

"**Parang ayoko.**" Mabilis kong sagot. "**...Hindi ko din naman alam sasabihin sa kanila.**"

"Kahit anu lang... Mag-usap sila ng maayos. Yung tipong, mapaka-lalaki sila."

Napangiwi ako. Hindi bastos tong sira-ulo na to.

"**Sasabihan ko sila na magpaka-lalaki?! Sa sitwasyon nila?!**" Inis na tanung ko sa kanya.

Napahimas sya ng batok sabay pilit ng ngiti.

"Oo nga no? Mali pala."

Nasampal ko nalang ang sarili kong noo. Parang mas maganda nga na ako nalang yung kumausap. Mahirap kung eto'ng Eren na to

yung magsasalita.

"**Sige... Ako nalang kakausap.**"

Napapalakpak naman sya sa tuwa. Sa takot masumbong sa mga girlfriend, ako tong binulabog nya. *Tsk!*

Pasalamat sya, nag-aalala din ako dun sa dalawa. Ang hirap kasi ng sitwasyon nila. Pareho sila'ng hindi makakilos ng maayos.

Bumalik na kami sa room, natatanaw ko na kasi yung sunod naming teacher. Habang nagkaklase, nakikita ko si Mayo na tumitingin kay Kit pero eto nama'ng isa patay malisya.

Hay...

Natapos ang klase. Lunch na! Pero de-lata pa rin ang ulam namin. Hindi pa rin kasi nagbibigayan. Kaya hindi pa rin makabili si Eman.

"**Gusto ko may sabaw...**" Dinig kong bulong ni Ci-N habang tinitignan ang pagkain nya. "**...Sinigang o kaya nilaga.**"

"**Next time, baka sa weekend mag-grocery na kami ni Eman.**" Sabi ko.

Kasama kasi ako kapag namimili sya. Dahil pangako ko sa kanya dati para ipagluto nya tong mga to.

"**Jay-jay...**" Tawag ni Ci-N. "**...Anu nangyari sa lakad mo?**" Bulong nya sakin.

Nilapit ko yung muka ko sa kanya. "**Ayos naman... Ang layo pala nung Benedict Hospital, pero ang ganda ng lugar.**"

"**Yayamanin kasi mga naka-confine dun.**" Sagot nya sakin.

Nag-nod naman ako. Halata nga, muka ngang pribado yung lugar.

"**Eh si Kiko? Kamusta?**" Tanung ulit nya.

Inis ko sya'ng tinignan. "**Kina-kamusta mo yung binanatan nyo?**" Sarcastic na tanung ko.

Kamot batok naman sya habang naka-pout. "**Nagtatanung lang.**"

"**Hindi maganda yung itsura, pilay at hindi maka-kilos ng maayos.**"

"**Ahh... Sayang...**" Dinig kong bulong nya.

Anu'ng sayang?! Lukong to!

Agad ko'ng hinatak ang tenga nya. "**Anu'ng sayang?!**"

"**Aahh... J-jay! M-masakit! Aw!**"

"**May binubulong ka!**"

"**H-hindi ganun y-yun!**"

Binitawan ko sya. Mangiyak-ngiyak naman sya habang hinihimas yun at masama ang tingin sakin.

"**Pabulong-bulong kapa eh.**" Inis na sabi ko sa kanya.

"**Sumbong kita kay Keifer jan eh.**" Banta nya habang ginagaya ang tono ko.

Pinandilatan ko sya ng mata. Kala naman nya matatakot ako sa banta nya. Ako pa tinakot nya.

"**KeiferSiJay-jayNagmumura!**" Mabilis nya'ng sabi na halos hindi ko maintindihan pero agad ko pari'ng tinakpan ang bibig nya.

"**Anu daw?**" Tanung ni Felix.

Napatingin ako sa kanila. Karamihan sa kanila samin na nakatingin. *Bwisit!*

"**Anu daw sabi ni Ci-N?**" Tanung ni Rory.

Nagpilit ako ng ngiti. "**W-wala lang yun. Nagkakasatan lang kami nito.**" Sabi ko .

"**But he called my name.**" Sabi ni Keifer.

Umiling ako. "**Wala yun.**"

"**Ci-N.**" Tawag ni Yuri kay Ci-N pero hindi sya makasagot dahil sa kamay kong nakatakip sa bibig nya.

"**Hhmmm.. hmmm... Hmmm...**" Sabi nya.

"**Ha? Anu? Gusto mo'ng lumabas?**" Sabi ko at kuwaring nilapit ang tenga sa bibig ni Ci-N.

"**Hmmm... Hmmmmmmmmm...**"

"**Tara na! Lalabas pala eh! Tara! Tara!**" Sabi ko at agad hinatak si Ci palabas habang nakatakip pa rin ang bibig.

Pagdating sa labas, binitawan ko sya.

"**Wala naman ako'ng sinabi na lalabas ah?**" Sabi ni Ci habang nagkakamot ng batok.

"**Impakto ka kasi! Ipapahamak mo pa ko.**" Inis na sabi ko sa kanya.

Naglakad ako bahagya palayo sa kanya. Sumunod naman sya sakin. Hindi na ko na natapos yung pagkain ko dahil sa kanya.

And speaking of pagkain. Nakita ko si Josh na may pinakain na pusa'ng itim. Lumapit ako sa kanya at kinalabit sya.

"**Pagkain mo yan ah? Bakit pinakain mo na sa pusa?**" Tanung ko at naupo sa tabi nya.

Lumapit naman si Ci-N sa pusa at pinagmasdan yun habang kumakain.

"**Hindi naman ako gutom, kaya binigay ko nalang sa kanya.**" Sagot nya sakin.

Pinagmasdan namin pareho yung pusa na kasalukuyang sinusundot ni Ci-N.

"**Hindi ko gagawin yan kung ako sayo.**" Sabi ni Josh kay Ci-N.

"**Bakit?**" Tanung ko.

Ngumiti lang sya sakin bilang sagot. And weird talaga nitong si Josh. Minsan makikita ko sya'ng nakatingin sakin tapos ngingiti.

Minsan lang din sya magsalita. Nangungulit din naman sya kagaya ng iba pero mas madalas yung tahimik.

"**Ang takaw mo naman Edy.**" Sabi ni Ci-N sa pusa.

Taka kaming napatingin ni Josh sa kanya.

"**Sino'ng tinatawag mong Edy?**" Tanung ni Josh sa kanya.

"**Eto'ng pusa.**"

"**Wala sya'ng pangalan. Wag mo nga sya'ng tawagi'ng Edy** "

Tinignan ko yung pusa na patuloy pa rin sa pagkain. Kahit kulay itim, pansin ko pa rin yung dumi sa katawan nya.

Pusakal ito!

"**Saan mo naman nakuha yung Edy?**" Tanung ko kay Ci-N.

"**Sa kulay nya... Sya yung nasa commercial ng Eveready battery. Kaya Edy.**" Paliwanag nya at ngumiti.

Oo nga no! Itim na pusa nga pala yung pinapakita dun. Talino nito'ng bata na to.

"**Hindi pwede! Wag mo sya'ng tatawaging Edy!**" Inis na sabi ni Josh.

"**May ipinangalan ka naba sa kanya?**" Tanung ko.

Umiling sya sakin. Bigla'ng lumapit samin yung pusa---Edy daw ang pangalan. Ikiniskis nya yung katawan nya sa binti ko.

Naubos na yung pagkain nya kaya lumapit na sya samin. Tumayo si Ci-N at dali-dali'ng tumakbo papasok sa room. Muka'ng kukuha pa sya ng pagkain para kay Edy.

"Kilala mo na pala sila ngayon." Biglang sabi ni Josh habang hinihimas yung pusa.

"Ha?"

"Yung nakita mo nung gabi ng festival."

Si Mayo at Kit.

"Hmmm... Oo." Pabulong kong sagot at nilaro si Edy.

"Ngayo'ng alam mo na, anu'ng balak mo?"

Napa-iwas ako ng tingin. Hindi ko alam yung isasagot ko. Kasi hindi ko din naman alam kung panu sila tutulungan.

"Hayaan mo nalang sana sila. Baka magalit si Keifer kapag nalaman nya'ng may relasyon yung dalawa." Sabi nya at tumingin sakin. **"...Hindi mo pa sya nakikita'ng magalit."**

Anu bang.... Bakit ba parang kinokontra nya ko? Para bang meron sya'ng gustong sabihin na hindi ko maintindihan.

"Anu ba'ng gusto mong iparating?" Tanung ko sa kanya.

"Kaibigan ko si Mayo at Kit... Mas mabuti kung ititigil na nila tong kahibangan na to. Sila lang din ang kawawa." Sabi nya.

Ramdam ko yung pag-aalala nya sa kaibigan nya pero bakit kailangan nya'ng pigilan na magka-ayos yung dalawa.

Bigla kong naalala si Ella sa kanya. Ganyang-ganyan din kasi nya ko kinausap noon, para pigilan si Mica at Calix.

"Edy! Eto na pagkain!" Dinig kong sigaw ni Ci-N habang tumatakbo palapit samin.

Nag-iwasan kami ng tingin ni Josh. Buti nalang aligaga si Ci-N na pakainin yung pusa. Baka kasi mapansin nya'ng may hindi maganda'ng nangyayari sa pagitan namin nitong isa.

Habang kumakain panay sinusundot ni Ci-N yung ulo ng pusa.

Hangang sa...

Putik! Ayan na!

"**Aaaggghhhh!!! Kinagat ako!**" Sigaw nya at habang hinahatak ang kamay palayo sa ngipin ng pusa.

Pero mukang galit na galit sa kanya yung pusa. Diniinan pa nito yung kagat sa daliri nya.

"**Sinabi ko na sayo'ng wag mong gawin yan!**" Inis na sabi ni Josh.

"**Argh! Alisin mo si Edy!**" Sigaw ko kay Josh habang tinutulak sya.

"**Hindi nga Edy ang pangalan nya!**"

Talaga'ng nakipag-talo pa sya sa pangalan.

"**ALISIN MO NA!**" Sigaw ko.

"**Jay! Masakit!**" Sigaw ni Ci-N habang umiiyak.

Hinawakan ni Josh yung pusa. Hinimas nya yun dahilan para bitiwan nito ang pagkaka-kagat kay Ci-N.

"**May dugo!**" Sigaw ko habang nakaturo sa daliri nya.

"**Mamamatay na ko! Rabis!**"

"**Wag ka ngang OA!**" Sigaw ni Josh sa kanya.

"**What the hell?! What is going on here?!**" Galit na tanung ng kung sino.

Napatingin ako sa kanya at dun ko lang napansin na naglabasan na pala mula sa room ang mga luko.

"**Anu'ng nangyari kay Ci-N?**" Nag-aalalang tanung ni Yuri.

"**Kinagat ng pusa.**" Sagot ko.

"**Baka ma-rabis yan! Dalin na natin sa ospital!**" Sabi nila.

Hala! Lagot!

Lalung naiyak si Ci sa sinabi nila.

"Ayoko ng injection."

+ + Don't forget to Vote, Comment and Share. 😈 + +

Chapter 137

Punch

Jay-jay's POV

"**Papatayin ko si Edy!**" Sigaw ni Ci-N.

"**Hindi nga Edy ang pangalan nya!**" Inis na sabi ni Josh habang pilit nilalayo yung pusa kay Ci-N.

Kahapon pa sila ganyan. Matapos kasing saksakan ng anti-rabis parang naaning na tong si Ci at pilit hinanap yung pusa.

Mautak naman tong si Josh, dahil hinawakan na nya at hindi na binitawan pa yung pusa.

"**Tantanan mo na nga yang pusa!**" Sita ko kay Ci-N.

"**Pero kinagat nya ko Jay...**" Naiiyak na sagot nya sakin.

Napakamot ako ng batok. Kasalanan din naman nya yung bakit sya kinagat. Sundutin daw ba kasi habang kumakain.

"**Kasalanan mo naman kasi.**" Sagot ni Mayo at hinamas yung ulo ni Edy.

"**Sya na nga pinakain ko, ako pa kinagat nya!**" Sumbat ni Ci.

"**Nakita mong pusa. Hindi kagaya ng aso yan, anu kaba?**" Sermon ni Josh.

"**Sige! Pagtanggol mo pa yang pusa na yan!**" Sagot ni Ci at bigla nalang yumakap sakin. "**...inaaway nila ako.**"

Pero hindi pa man din nagtatagal yung yakap na yun may kamay ng nahiwalay samin. Pare-pareho kami'ng napatingin dun.

Yuri...

"**Masyado ka ng naka-attached kay Jay-jay, baka gusto mo'ng i-less yan.**" Sabi nya.

Hindi sumagot si Ci pero tinignan nya ko na para'ng nagsasabi ng '*Problema ni Yuri*?'. Umalis si Yuri pero lahat kami nasa kanya pa rin yung tingin.

Nag-seselos na naman yata sya.

Speaking of selos, kusa nalang ako'ng napatingin kay Keifer. Diretso lang ang tingin nya sakin. Hindi ko masabi kung nagagalit sya o anu.

Napaiwas ako ng tingin pero kusa ding bumalik yun sa kanya sa hindi ko malaman na dahilan. Tapos bigla nalang sya'ng umirap.

Ay bakla!

Ang talim talim kasi maka-irap. Dinaig pa ko! Busit to'ng kumag na to.

"**Kayo na ba ni Yuri?**" Tanung ni Mayo sakin.

Umiling ako. "**H-hindi.**"

"**Bakit ganun sya maka-asta? Parang pagmamay-ari kana nya?**" Dagdag ni Ci.

"**A-anu lang... K-kasi...**"

Tsk! Asar!

Si Yuri kasi eh! Hindi ko tuloy alam isasagot ko. Badtrip!

"**Para'ng hindi mo kilala si Yuri. Ganyan din naman sya kay Ella dati.**" Biglang sabi ni Josh.

"**Hahaha.. oo nga.**" Sagot ni Mayo. "**...Ang ending, BH ang tropa mo.**" Dagdag pa nya at tumawa.

Nakaramdam ako ng inis sa sinabi nya. Ginagawa nila'ng katatawanan yung bagay na iniyakan ng husto ni Yuri. Para bang

hindi sila dumaan sa ganun.

Tumayo ako at naglakad paalis. Narinig ko pang tinawag ako ni Ci pero hindi ko sya pinansin. Lumabas ako at dumiretso sa second floor ng building namin.

Malakas kasi ang hangin dun at presko sa pakiramdam. Pagdating ko, bumungad sakin si Kit.

"**Bakit nandito ka?**" Tanung ko sa kanya.

Tumingin sya sakin at nagpilit ng ngiti. "**Wala... Gusto ko lang talaga'ng mapag-isa.**"

"**Pareho tayo...**" Sabi ko at lumapit sa kanya. "**...Kamusta pala kayo ni... Hmmm... Mayo?**"

"**Hindi ko alam. Kinukulit nya ko pero ayoko na talaga. Gusto ko ng ayusin yung mali sa pagkatao ko.**"

"**Wala namang mali sayo ah? Hindi naman mali maging third gender.**" Sabi ko dahilan para tumingin sya sakin.

"**Madali sayo'ng sabihin yan. Hindi naman ikaw nasa kalagayan ko.**"

Natigilan ako. Tama naman sya dun. Hindi nga ako yung nasa kalagayan nya kaya hindi dapat ako magsalita ng ganun.

"**Siguro nga... Pero hindi mo naman pinili yan. Naging ganyan ka kasi may dahilan.**"

Bahagya sya'ng tumawa. "**Yun na nga eh. Sana binigyan muna ko ng choices bago ako naging ganito.**"

"**Malay mo... Everything happens for a reason.**"

Pareho kami'ng tumahimik. Medyo naging awkward sa pakiramdam pero nangingibabaw yung lakas ng hangin.

"**Tuloy ko kaya yung balak ko, baka sakaling effective at maging tunay na lalaki ulit ako.**" Sabi nya at umamba na ilalapit

ang muka sakin.

Hinanda ko yung kamao ko. "**Subukan mong idikit yang labi mo ulit sakin.**" Banta ko sa kanya at bigla sya'ng tumawa.

Tinignan ko lang sya ng masama. Luko! Kala ko uulitin nya talaga. Bigla'ng nag-ring yung bell. Oras na pala ng klase.

"**Tara na...**" Aya nya.

Nag-nod naman ako. Sabay pa kaming naglakad palapit sa hagdan pero natigilan kami pareho ng may makita kami'ng tao. Nakatingin sya samin at halo-halo'ng taka, gulat at galit ang nakikita ko sa kanya.

"**H-hinalikan mo si Jay-jay?**" Tanung ni Mayo.

Hindi sumagot si Kit pero tuloy-tuloy sya'ng naglakad pababa. Nilagpasan lang nya yung isa. Agad naman ako'ng sumunod sa kanya.

"**Sandali lang! Kinakausap pa kita!**" Sigaw ni Mayo.

Hindi pa rin nakikinig si Kit at tuloy-tuloy na naglakad. Malapit na kami sa room ng bigla'ng hatakin ni Mayo si Kit sa braso.

Agad na nagpalitan ng masama'ng tingin ang dalawa.

"**Bitiwan mo ko.**" Matigas na utos ni Kit.

"**Kinakausap pa kita!**" Sagot ni Mayo sa kanya.

Sa totoo lang, hindi ko alam ang gagawin ko. Labas na ko sa usapan na to. Hindi naman ako kabilang sa lovelife nila.

Lumakad ako patuloy sa room pero paglagpas ko sa kanila, isa'ng kamay ang nagpatigil sakin.

"**Dito ka lang.**" Sabi ni Kit.

Agad ako'ng tinignan ng masama ni Mayo.

Bakit sakin ka nagagalit?!

"**Si Jay-jay ba? Sya ba dahilan?**" Tanung nya kay Kit.

Agad ako'ng umiling. "**Uy Hindi!**"

"**Eh bakit ka nagpahalik sa kanya?! Kasi gusto mo rin! Nice! Nakuha mo na nga si Keifer at Yuri, pati si Kit dadamay mo pa!**" Inis na sabi nya sakin.

Nagsalubong ang kilay ko. Anu'ng gusto nya'ng iparating?

Agad sya'ng hinawakan ni Kit sa kwelyo. "**Wag mong kakausapin ng ganyan si Jay-jay?!**"

"**Bakit? Totoo naman! Wala sya'ng pinagka-iba kay Ell-----**"

Isang malakas na suntok galing kay Kit ang nagpatigil sa kanya. Bumagsak sya sa sahig. Napasigaw nalang ako sa pagkabigla at naging dahilan yun para maglabasan ng room ang mga ulupong.

"**Anu'ng nangyari?!**" Tanung ni Edrix na agad na umalalay kay Mayo.

"**Wala... Bastos kasi magsalita, kaya sinuntok ko.**" Bored na sagot ni Kit at pumasok na sa room.

Naiwan yung iba at ako na naka-tanga kay Mayo. Pagtayo ni Mayo, tinabig nya si Edrix at tinignan nya ko ng masama.

"**Mag-usap tayo'ng dalawa.**" Madiin nya'ng sabi at hinatak ako palayo sa mga kasama namin.

"**T-teka! Nasasaktan ako Mayo!**" Sigaw ko sa kanya habang pilit binabawi ang kamay ko.

Huminto kami sa gilid ng room kung saan may puno. Padabog kong inagaw yung kamay ko.

"**Problema mo ba?!**" Galit na sabi ko.

"**May gusto kaba kay Kit?!**" Galit na tanung nya sakin.

"**Wala ako'ng gusto sa kanya!**" Pasigaw kong sagot.

"Hinalikan ka nya at nagpahalik ka naman!"

"Gago! Hindi ako nagpahalik! Tinangka nya pero hindi natuloy! Hindi ako nagpahalik sa kanya!" Sigaw ko na halos mamaos ang boses ko.

Ang hina kasi ng kokote ng Gunggong na to. Kailangan sinisigaw para mag-sink in sa utak nya.

Yun nga lang nawala sa isip ko na malapit lang kami sa room at pwedeng may makarinig samin.

"Sino'ng nagtangkang humalik sayo?" Tanung ng kung sino.

Sabay naming tinignan ni Mayo kung sino yun. Medyo nakahinga ako ng maluwag. Yung hari kasi ang nasa isip kong nagtanung at nakarinig samin.

"...Sino?" Pag-uulit ni Edrix sa tanung nya.

"W-wala yun... N-namali ka lang ng dinig." Sagot ko sa kanya.

"Pero ang lakas ng sigaw----"

"Edrix! Please!" Paki-usap ko.

Ayoko'ng sabihin sa kanya kung sino. Malamang na makarating kay Keifer yun at baka kung anu gawin nya kay Kit.

"Alam na ba ni Keifer?" Tanung ni Edrix.

Mabilis akong umiling at lumapit sa kanya. **"W-wag mong sasabihin. Please!"**

"Pero Jay----"

"Pwede wag kana maki-alam dito!" Galit na sabi Mayo kay Edrix.

Agad na nagsalubong ang kilay ni Edrix. Halata'ng hindi natuwa sa inasta nitong isa sa kanya.

"Problema mo?!" Inis na tanung nya kay Mayo.

"**Meron kami'ng pinag-uusapan ng babae'ng yan!**" Sagot nya sabay turo sakin.

"**Wag mo nga'ng dinuduro si Jay-jay!**" Sigaw ni Edrix at akma'ng lalapit sa kanya.

Agad ako'ng pumagitna. Napilitan ako'ng awatin sila. Kung hindi ko gagawin yun, magkakagulo sila. Lalabas yung mga ulupong at tatanungin ako kung anu'ng nangyari.

Malalaman nila yung ginawa ni Kit!

"**Ano?! Nabiktima ka na rin nito'ng babae na to?!**" Maangas na sambit ni Mayo sabay turo sakin. "**...Nice! Landiin mo na lahat ng Section E para maganda. Wala ka'ng pinag-kaiba kay Ella!**"

"**Anu'ng sabi mo?! Wag mo----**"

Hindi ko na pinatapos pa si Edrix. Wala'ng saysay kung uubusin nya ang laway nya sa tao na to. Ako na ang gumawa ng paraan.

Nainis ako eh! Sa lahat ng ikukumpara dun pa talaga kay Ella. Pumili naman sana sya ng iba.

"**J-jay... Dumudugo ata.**" Sabi ni Edrix habang sinisipat si Mayo sa lupa.

Ay mali!

Hindi ako nakapag-pigil. Kaya sinuntok ko sya. Yun nga lang, mali ata yung ginawa ko. Dumudugo na ngayon ang ilong nya.

Haizt! Mali'ng mali!. Lakas pa nanan ng pagkakasuntok ko. Sana naman wala'ng nabaling buto sa ilong nya.

+ + Don't forget to Vote, Comment and Share. 😊 + +

Chapter 138

Love Hurt

Jay-jay's POV

"**Kamusta si Mayo?**" Tanung sakin ni Edrix paglabas ko ng clinic.

"**Ayun... Inaasikaso nung Nurse.**"

"**Tsk! Lakas ng suntok mo. Dinaig mo pa yung suntok ni Kit sa kanya.**" Sabi nya habang napapa-iling.

Serre ne nge!

"**Ginalit nya ko eh.**" Katwiran ko pero pinagtawanan lang nya ko.

Naupo ako sa waiting area sa labas lang ng clinic. Sumunod naman sakin si Edrix. Ayoko pang bumalik sa room. Sure akong tatadtarin lang ako ng tanong ng mga luko.

"**Anu bang pinag-aawayan nyo ni Mayo?**" Tanung nya sakin.

"**W-wala... Basta! Magulo kasi..**" Sagot ko at umiwas ng tingin.

Mukang nakuha naman ni Edrix ang gusto kong sabihin. Hindi na sya nagtanung at tumahimik nalang.

Narinig kong tumunog ang phone nya. Kinuha nya yun at nakita ko agad ang muka ni Freya na wallpaper nya.

Haizt! Yung sinabi ni Kiko.

"**May bago na naman sya'ng boyfriend.**" Sabi ni Edrix at hinarap sakin ang phone nya.

Facebook post ni Freya, kasama ng isang gwapong lalaki. May caption na, '*My new love once.* 👫💕'.

Nice!

"**Pangarap ko to...**" Halos pabulong na sabi ni Edrix. "**...Yung iPost nya yung picture namin at ipagsigawan na ako yung pinaka-mamahal nya.**"

Ramdam ko yung sakit at hirap sa mga sinasabi nya. Ganu kaya nya katagal na tinago yung feelings nya para kay Freya?

"**S-sinubukan mo na bang lumapit sa kanya?**" Tanung ko.

Agad sya'ng umiling habang nakatingin sa cellphone nya.

"**Hindi ko kaya... Galit nga sya sa mga Section E diba?**"

Oo nga pala. At mukang nagatungan pa yung galit na yun nung dumating ako at nakabangga ko sya.

"**Kung kaya lang sana kita'ng tulungan sa kanya. Kaso magka-away kami eh.**" Sabi konat nagpilit ng ngiti.

Ganun din ang ginawa nya sakin. Hindi ko rin naman sya tutulungan kung nagkataon na hindi kami magka-away. Hindi ko pa alam kung anu yung totoo'ng nangyari kila Freya, Yuri at Keifer.

"**Ang hirap ma-inlove no?**" Tanung ng kung sino.

Agad kaming napatingin sa pinto ng clinic. Nakatayo don si Mayo habang may hawak na tissue at ice bag.

Naupo sya sa tabi ko. Nakapagitna na ko sa kanila ngayon.

"**Haaayyy... Sakit ng suntok mo Jay.**" Sabi ni Mayo sakin.

"**Kasalanan mo naman... Ginalit mo ko.**" Sumbat ko sa kanya.

Bahagya sya'ng tumawa. Nagtinginan pa kami ni Edrix. Baka kasi naaaning na si Mayo o kaya naman naalog ang utak sa suntok ko.

"**Sorry... Hindi ko sinasadya'ng sabihin yun. Iba ka kay Ella, hindi kayo pareho.**" Sabi nya at ngumiti sakin.

Iba ako sa kanya...

"**...Nadala lang ako ng galit ko.**" Dagdag nya.

"**S-sorry din kung sinuntok kita.**" Sabi ko at ngumiti din sa kanya.

"**Okay na! Bati na kayo'ng dalawa.**" Sabi ni Edrix at tumayo. "**...Pumasok na tayo.**"

Tinignan ni Mayo yung oras sa cellphone nya. Pati ako nakitingin na rin. Medyo matagal na rin pala kami'ng nakatengga dito.

"**Hindi na tayo abot. Next subject nalang.**" Aya nya samin.

Alanganin na nga at alanganin din kung babalik na kami agad sa room. Tinatamad pa ko!

Bumalik sa pagkaka-upo si Edrix. "**Sige, maya nalang.**"

"**Sino yung pinag-uusap nyo ni Edrix?**" Tanung ni Mayo.

"**Chicks!**" Sagot ko at agad ako'ng tinignan ng masama ni Edrix. "**...babae ni Edrix.**"

"**Girlfriend?**" -Mayo

"**Hindi.**" -Edrix.

"**Pinapangarap nya.**" -Ako.

Tinignan ako ulit ng masama ni Edrix pero tinawanan ko lang sya.

"**Sinabi mo na sa kanya?**" Tanung ni Mayo.

Umiling si Edrix at yumuko. "**Hindi ko nga alam kung napapansin nya ko o alam nya'ng nage-exist ako.**"

"**Ligaw tingin ka lang?**"

"**Parang ganun na nga.**"

"**Buti pa nga sayo ganyan. Ako alam nya'ng mahal ko sya pero iniiwasan nya ko.**" Sabi ni Mayo at dinikit ang ice bag sa muka nya.

"**Mas masakit nga ata yan.**"

Palipat-lipat lang ako ng tingin sa kanila. Ang sarap kasi nila pakinggang mag-usap. Simple lang, walang arte.

Napasandal ako at napabuntong hininga. "**Hirap ma-inlove.**" Komento at sabay na tumingin sakin si Mayo at Edrix.

"**Nahihirapan ka, dala-dalawa na nga yung nagkaka-gusto sayo.**" Sabi ni Edrix kaya napangiwi ako sa kanya.

"**May Yuri kana, may Keifer kapa.**" Gatong ni Mayo.

A-anu? Teka nga!

"**Baka naman iba yung gusto nya. Wala sa dalawa.**" -Edrix.

"**Baka nga... Sino ba yan? Sabihin mo na samin.**" -Mayo.

Hala!

"**Magagalit sayo si Keifer.**" -Edrix.

"**Kawawa naman si Yuri. Broken Hearted na naman.**" -Mayo.

"**Tumigil nga kayo!**" Sigaw ko sa kanila. "**...Dami nyong sinabi! Nakisali lang ako sa drama nyo!**"

Kainis!

"**Pero seryoso, wala sa dalawa yung gusto mo?**" Tanung ulit ni Edrix.

"**H-hindi sa ganun.**"

"**Hindi ka makapili?**" Tanung ni Mayo.

Yumuko ako at napa-kagat sa ibabang labi ko. *Kainis!* Ayoko ng ganito'ng tanung.

Halata'ng hinihintay ng dalawa na to yung isasagot ko. Pero nanatili ako'ng tahimik.

"**Kung ako sayo kay Yuri ka nalang.**" Bigla'ng sabi ni Mayo dahilan para mapatingin kami sa kanya.

"**Bakit si Yuri?**" Tanung ni Edrix.

"**Walang bilang si Keifer. Ang problema sa kanya makasarili sya pagdating sa babae. Kaya kahit si Yuri na tanging natitira sa mga kaibigan nya, inagawan nya pa.**" Paliwanag ni Mayo.

Kakaiba sa pakiramdam. Kung panu nagsalita si Ci-N tungkol kay Yuri dati ganun-ganun kung panu magsalita si Mayo ngayon tungkol kay Keifer.

Minsan ng nabanggit ni Yuri na makasarili si Keifer pagdating sa babae. Kahit dalawa na sila na nagsasabi at para'ng nararanasan ko na din yun, parang ang hirap pa ring maniwala.

"**Inagawan? Sino namang aagawin ni Keifer kay Yuri?**" Tanung ni Edrix.

"**Edi si Ella! Si Yuri naman talaga dapat ang pipiliin nya. Binakuran lang kasi ni Keifer kaya napunta sa kanya.**"

Si Yuri dapat?

Pero ang sabi ni Yuri hindi naman daw sya minahal ni Ella. Kaya panu'ng nangyari na sya ang pipiliin?

"**Panu nangyari'ng si Yuri dapat?**" Tanung ko.

"**Ewan ko... Basta sabi ni Ella si Yuri ang gusto nya'ng piliin.**" Sagot ni Mayo.

Bakit ganun? Naguluhan ako bigla. Nagtatanung pa sana ako kay Mayo pero nakita si Rakki na palapit samin.

Medyo pumayat sya at nagmuka'ng stress kumpara sa huli naming pagkikita.

"**Hello Rakki!**" Bati ko sa kanya.

"**H-hi... Bakit andito kayo? May klase kayo diba?**" Tanung nya samin.

"**Eto may kasalanan.**" Sabay na sabi nila habang nakaturo sakin.

"Hm?!"

"Hahahaha... Nag-cut lang yata kayo ng klase. Dinamay nyo pa si Jay-jay." Pang-aasar ni Rakki sa kanila.

"Hindi no! Si Jay-jay talaga may kasalanan." Sabi ni Mayo sabay turo sa ilong nya.

"Karma yan..." Sabi ni Rakki at bumaling sakin. **"...Kamusta pala si Ci-N? Balita ko sa inyo sya nakatira ngayon."**

Ayyiieeehhh... May nakaka-miss.

"Okay lang sana... Lalu na kung marunong sya'ng maglaba at maglinis ng pinagkalatan nya." Sagot ko.

Ako kasi naglalaba ng damit nya. Sobra'ng nakakahiya sakin kasi. -_-

Yung feeling na hindi ako yung naglalaba ng damit ko pero damit nya ako yung tumatrabaho.

Tamad!

"Wala ka aasahan dun. Sa kanila nga kukuha nalang ng tubig, iuutos pa." Sabi ni Rakki.

Kahit samin naman ganyan sya. Ang sarap tuloy pektusan. Palibhasa kasi, anak mayaman tapos bunso pa. Wala naman yata'ng sumusuway sa kanya dahil laging wala ang magula'ng. Except dun sa Kuya nya'ng may sapi.

"Sige na... Una na ko. Kailangan ko pang papirmahan sa nurse to." Sabi at winagayway ang papel na hawak.

"Para'ng pumayat sya." Puna ni Edrix.

Akala ko lang nakapansin.

"Stress siguro... Pato'ng pato'ng yung problema nya." Sabi ni Mayo.

Taka ko sya'ng tinignan. "**Problema?**"

Sandali'ng tumingin si Mayo sa pinto ng clinic bago ibalik ang tingin sakin.

"**Simula kasi nung kumampi satin si Rakki, hinarang na ng Section A yung mga benifits ng Section nila. Kaya ngayon nagkukumahog sya'ng bawiin yung mga benifits na para sa kanila.**" Paliwanag nya.

Kawawa naman pala si Rakki. Sya pa naman ang president ng Section nila kaya sa kanya talaga nakapatong ang responsibilidad.

"**Wag mong sasabihin kay Ci-N yun.**" Biglang sabi ni Edrix.

"**Bakit?**"

"**Baka gusto mong magkagulo lalo?**" Sarcastic na sagot nya.

Sabagay, baka nga kung anu gawin nung bata'ng yun. Bukod sa awayin nun yung mga Section A, baka awayin din nya yung Guidance Councilor at Principal namin.

Kung anu-anu'ng bagay pa ang pinag-usapan namin. Madalas tungkol sa mga classmate nami'ng malakas ang sapi.

Sa kanila ko din nalaman na namatayan pala ng girlfriend si Josh. Hindi sila sigurado kung kelan, pero buhat daw nun naging weird na si Josh.

Si Drew naman sume-segway ng karakrus sa isang eskenita malapit sa school. Yari sakin yung animal na yun! Hindi pa nga sya bayad ng uta'ng eto na naman sya.

Hindi na namin namalayan yung oras.

"**...Dapat sa bakasyon----**"

"**Ehem**" Napatigil kami'ng lahat dahil sa pekeng umubo.
"**...Kanina pa namin kayo hinihintay at hinahanap andito lang pala kayo!**"

Lagot!

Dahan-dahan kaming lumingon. Naka-cross arm at pailalim na tingin samin ang Hari ng mga Ulupong.

Nagpilit ako ng ngiti, pero mukang wala'ng talab yun.

"**Get back to class... NOW!**" Sigaw nya at dali-dali kami'ng tumayo at tumakbo pabalik sa room.

"**Kasalanan mo to Jay-jay!**" Sabi ni Mayo habang tumatakbo.

Tinignan ko sya ng masama. "**Ikaw kaya nang-away dyan!**"

"Tama na! Maya na kayo mag-away! Ayan na si Keifer! Lagot tayo!"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ + +

Chapter 139

Trident

Jay-jay's POV

"**Jay... Ice cream...**" Pagmamaktol ni Ci-N pero hindi ko sya pinapansin. "**Ice cream... Ice cream...**"

Kanina nya pa ko kinukulit. Naiinis kasi ako'ng ikuha sya ng pagkain. Hindi naman kasi sya marunong maglinis ng pinagkainan. Ang tamad-tamad din nya kumilos.

"**Jay... Jay... Jay... Jay...JAY!**" Sigaw nya.

Nahampas ko nalang yung kamay ko sa study table. Nakakainis na kasi!

Kulit!

"**Tama na! Gabi na! Matulog kana!**" Sigaw ko sa kanya.

Bigla nalang sya'ng humikbi at gumulong sa sahig.

"**Inaaway ako ni Jay-jay!**" Sabi nya at nagsimula'ng umiyak.

Ay putik!

Bakit parang mas lalung lumakas ang sapi nito'ng Bata'ng Kumag na to?! Kinagat lang ng pusa tapos nagkaganyan na.

Hindi kaya nahuli na kami at umabot na ang rabis sa utak nya? Masama to! Ibalik ko kaya sa ospital o kaya idiretso ko na sa mental?

"**Oo na... Ikukuha kana!**" Sabi ko at agad na lumabas ng kwarto.

Wala rin ako'ng nagawa!

Dumiretso ako sa kusina. Kayalang pagdating dun, wala ng ice

cream. Kinuha na ni Aries yung kahuli-hulihan. Naabutan ko pa sya'ng nangunguha ng kutsara habang nasa isang kamay nya yung pakay ko sana.

"**Pwedeng akin nalang yan?**" Paki-usap ko.

Tinignan lang nya ko at umirap pagdaan sa harap ko. *Pfftt! Damot!*

Wala ng ice cream. Yari ako nito sa Bata'ng Kumag. Bumalik ako sa kwarto at dahan-dahang binuksan yung pinto. Nagbabaka-sakali na tulog na sya.

Pero bigo ako, gising sya. Gising na gising. Alive na alive ang putik!

"**Ice cream ko!**" Sabi nya.

"**Ubos na.**"

Nag-umpisa na naman sya'ng humikbi at magpa-gulong-gulong sa sahig. Napakamot nalang ako sa batok ko.

"**Ibibili nalang kita.**" Sabi ko at agad na kinuha ang cellphone at wallet ko sa lamesa.

Bigla nalang sya'ng huminto sa pagiyak at tumayo.

Huh?

"**Bili kana rin ng midnight snack.**" Sabi nya at nag-abot ng pera.

"**Kung samahan mo kaya ako!**" Inis na sabi ko sa kanya.

"**Hindi na... Kaya mo na yan. Umabot ka nga ng 17 na wala ako eh. Yan pa kaya!**" Sabi at humilata sa kama. "**...Bilis mo na.**"

Ay wow!

Yung napa-nganga ka nalang sa pagka-amaze sa peste'ng bata na to. Ibang klase! Wala ako'ng masabi.

Naglakad na ko palabas. Hindi na ko nagpaalam, baka kasi nagpapahinga na sila. Kinuha ko yung bike ko sa garahe.

Madilim na sa daan, salamat sa ilaw sa poste at naliliwanagan ang daan ko. Next time bibilan ko ng flasher tong bike ko para malakas na loob kong magbike sa gabi.

Perwisyo tong Bata'ng Kumag na to!

Sa Mini Mart malapit samin ako dumiretso. 24/7 naman to kaya kahit anu oras pwede ako bumili dito.

Pinarada ko yung bike ko at pumasok sa loob. Wala'ng masyado'ng tao, gabi na rin kasi.

Solo ko ang Mini Mart!

Habang naniningin ng ice cream. Nakaramdam ako ng presensya ng tao sa likod ko. Hindi muna ko gumalaw, pinakiramdaman ko kung anu'ng gagawin nya.

Tumingin din ako sa reflection ng glass door ng ref. Nagbabakasali'ng makikita ko yung muka nung nasa likod ko pero ang hirap makita.

"**Ang tagal mo naman mamili.**" Bigla'ng sabi nung tao sa likod ko.

Teka! Si----

"**David!**" Sigaw ko pagharap sa kanya.

Ngumiti sya sakin at agad ko naman sya'ng binawian ng hampas sa dibdib nya.

Bwisit! Kinabahan ako!

"**Aray! What is that for?**" Inis na sabi nya.

"**Tinakot mo ko'ng putrages ka!**"

Bigla nalang sya'ng tumawa. "**Co'z you look so serious. Kukuha ka nalang ng ice cream pakatitig kapa dyan.**"

"**Namimili nga kasi!**" Inis na sabi ko at muling hinarap ang ref.

Istorbo!

"**May gagawin kaba?**" Tanung nya.

Umiling ako ng hindi humaharap sa kanya. Kayalang kong mahanap yung favorite flavor ni Ci-N.

Rakki----este! Rocky Road!

Mabatong daan! Nasan na yung mabatong daan?! Isasampal ko lang sa pagmumuka nung bata'ng kumag.

"**Gusto mo'ng kumain muna? Libre ko.**" Sabi ni David.

Agad ako'ng humarap sa kanya at ngumiti. "**Tara na... Makaka-paghintay naman yang ice cream na yan.**"

Ngumiti naman sya sakin habang umiiling. Masama tumanggi sa grasya. *Tsaka libre daw.* Minsan lang makatisod ng libre sa daan.

Juice at pre-heated sandwich lang ang kinuha ko. Busog pa kasi ako, sayang sana kaunti lang kinain ko kanina'ng hapunan.

"**Lumabas ka lang para sa ice cream?**" Tanung nya.

Nag-nod naman ako. "**Para dun sa bwisita ko sa bahay.**"

"**Si Ci-N... Bakit hindi mo sya kasama?**"

"**Ay naku! Napaka-tamad ng bata na yun!**"

"**Can't argue with that.**"

Binuksan ko yung balot nung sandwich at hinintay lumamig.

"**Ikaw? Bakit kapa lumabas?**" Baling ko sa kanya.

"**I can't sleep. Over thinking, i guess.**" Sagot nya at bahagya'ng yumuko.

"**Bakit?**"

"**I don't know.**"

"**Tungkol saan?**"

"Marami'ng bagay."

"Sabihin mo na!" Pagpipilit ko.

"You won't understand it. It's just some ramdom thing."

Napanguso nalang ako. Ayaw talaga'ng magsalita, wala ako'ng magagawa.

Pinagdiskitahan ko nalang yung sandwich sa harap ko. Habang kumakain, narinig ko yung phone ko. Kinuha ko yun mula sa bulsa ko at bumungad ang pangalan ng Peste'ng Hari ng mga Ulupong.

From: *King Ulupong*
Message: *Where are you?*

Napasibangot ako. Wala ako'ng balak replayan ang kumag na yan. Paki naman nya kung nasan ako. Maka-asta kala mo jowa, dinaig pa yung---so called---fiancé ko.

"Bakit?" Tanung ni David sakin.

"Wala... Wrong send lang ata." Palusot ko at tinuloy ang pagkain.

"Si Keifer no?" Tanung nya at bigla nalang ako'ng nasamid. **"...I knew it."**

"Panu mo naman **ubo nasabi?"** Tanung ko.

"Instinct." Mayabang nya'ng sagot.

Naku! Yan na naman sya, sosyalin ang instinct nito'ng si David. Laging tumpak!

Panu kaya magkaroon ng sosyalin na instinct?

Iminum ako ng juice sa pagbabakasakaling mawala yung pagkasamid ko.

"Kayo naba ni Keifer?"

Naibuga ko nalang bigla yung juice at halos sumuka na ko sa kinauupuan ko.

Tengene!

Sakit ng lalamunan ko! Pakshit! It burns!

"S-sorry…" Sabi ni David habang inaalalayan ako at inaabutan ng tissue.

"King*_ubo_*… Kingina kasi!"

Bigla nalang sya'ng natawa. Kung hindi lang ako naiiyak dahil sa pagkasamid baka pinatay ko na sya sa titig.

Hanep din kasi'ng magtanung tong luko na to. Nakakabigla!

Nang umayos na yung pakiramdam ko, uminom ulit ako. Mabilisan lang at baka magtanung na naman tong David na to.

Ang sakit talaga!

"Natapunan yung damit mo." Sabi nya at inabutan ulit ako ng tissue.

Kinuha ko naman yun at pinunasan yung damit ko sa banda'ng dibdib. Nilabas ko muna yung kwintas ko, pakiramdam ko kasi nabasa din.

Habang tuloy-tuloy ako sa pagpupunas, napansin ko si David na titig na titig sa dibdib ko.

Luko to!

"Susundutin ko mata mo!" Banta ko sa kanya.

"Huh?"

"Yung mata mo! Makatitig wagas!"

"S-sorry… Yung kwintas mo kasi. Bakit may kasama'ng singsing?"

Napahawak ako sa kwintas. Yung engagement ring. Hindi nga pala nila alam yung tungkol don.

"**B-bigay kasi sakin, kayalang hindi ko maisuot kaya nilagay ko nalang dito.**" Palusot ko. Nag-nod naman sya bilang pagtanggap ng sagot ko. "**...S-sino nga pala nagpabigay nito'ng kwintas?**"

Pag-iiba ko sa usapan. Baka kasi magtanung sya bigla kung sino nagbigay, hindi ko alam isasagot ko.

"**Ang slow mo naman...**" Sabi nya dahilan para magsalubong ang kilay ko. "**...Hanggang ngayon, wala ka pa ring clue.**"

Pisti'ng to!

"**Sabihin mo nalang kasi!**"

Huminga sya ng malalim at bahagya'ng lumapit sakin.

"**Anu nakalagay sa box?**" Tanung nya.

"**Wala... Maliban don sa symbol ng Trident ni Poseidon.**" Sagot ko.

"**Exactly! That's your clue.**"

Eh wala naman nga ako'ng maisip na Poseidon na kakilala ko. Kingina! Mula pasko't bagong taon, iniisip ko na yan pero wala ako'ng idea.

"**Eh?**"

Nahampas nalang ni David ang noo nya. May ilang beses din yata sya'ng huminga ng malalim.

"**Do you know any of Poseidon's child?**" Tanung nya.

Umiling ako. "**Ang dami kaya'ng anak ni Poseidon sa Greek Methodology.**"

"**Wala kang kilala?**"

"**Kilala ko lang yung fictional character na si Percy Jack----**" Natigilan ako.

Ang hina mo talaga Jay-jay!

Napatingin ako kay David na nakangiti sakin at parang nagsasabi na '*Kita mo*'. Hanep yan!

Yung uso naman kasi yung google pero parang hindi ko alam gamitin. Hindi ko naisip yun agad. *Badtrip!*

Pero teka lang!Kung si Percy nagpabigay nito....

"**Nagkikita kayo ni Percy?**" Tanung ko sa kanya.

"**Hindi... Pinadala lang nya sakin yan.**"

"**P-pero nagkaka-usap kayo?**" Pangungulit ko.

Nakatitig sa mata ko si David. Takte! Yung sumasakit na yung ulo mo sa kakaisip. Tapos eto lang yung sagot sa harap ko.

Ah baka matindi!

"**Tatawag sya kung kelan nya gusto. Wala kaming complete communication.**" Sagot nya sakin at halos manlambot ako.

Ang daya naman! *Kainis!*

Hinawakan ko yung kamay ni David at tinignan sya na puno ng pakiki-usap.

"**David! Sige na... G-gusto ko na sya'ng makausap.**" Sabi ko.

Tinitigan nya yung kamay ko at sa totoo lang ang lamig ng kamay nya. Hindi ko alam kung ganu na kami katagal na ganun. Hanggang sa bigla nya'ng binawi yung kamay nya at huminga ng malalim.

"**Kaya ko sya'ng padalan ng message but i can't guarantee na sasagot sya.**" Sabi nya at kinuha ang phone nya.

Nagpipindot sya don at nagtype ng message. Tinapat din nya sakin yung camera.

"**Smile.**" Sabi nya.

Pero bago pa ko makangiti narinig ko na yung tunog ng cam. *Hayop!*

"**Ayaw ayusin!**" Inis na sabi ko.

"**Send.**" Sabi nya at binaba yung phone sa harap nya.

Nakatitig lang kami don ng mga ilang minuto. Gusto'ng gusto ko ng kuhanin yung phone ni David at tadtarin ng message si Percy.

Putnam! Pa-thrill kasi!

Naubos ko na yung sandwich at juice ko. Pati pagkain ni David ako na rin kumain pero wala pa rin, hangang sa bigla nalang umilaw yung phone at may lumabas na '*1 Message*'.

Kinuha ni David yung phone nya at binasa yung nakasulat. Tinignan pa nya at para'ng nag-aalangan kung babasahin nya yung message ng malakas.

Mapursige ang tingin ko sa kanya kaya wala rin sya'ng nagawa. Pero natigilan ako ng marinig ko yung laman nung mensahe na binabasa nya.

"**Remove that ring from the necklace... Or i will kill Yuri when i get back there.**"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Chapter 140

Why and When

Jay-jay's POV

"**Ahhh!**" Sigaw ni Ci-N. "**...Bakit ganyan ang mata mo?**"

Hinawakan ko yung ilalim ng mata ko. Yung eyebags kong may eyebags din. Badtrip!

Hindi na kasi sumagot si Percy pagkatapos nung huling message nya. Halos agawin ko yung cellphone ni David sa pagmamaka-awa ko.

Pero ayaw na kong tulungan ni David. Pilit nya kong hinatid pauwi. Wala ako'ng nagawa kundi umiyak. Sya na rin ang bumili ng pagkain ni Ci-N na hindi naman din nya kinain dahil tulog na sya pagdating ko.

"**Hindi nga ako nakatulog ng maayos.**" Sagot ko at dumiretso sa banyo.

Hindi talaga nakatulog.

Sinubukan kong pumikit at magbilang ng tupa, kambing, kabayo, palaka, kalabaw at aso sa isip ko pero wala pa rin. Ang sakit sakit tuloy ng ulo ko at ang bigat din ng katawan ko.

Ang hindi ko pa maintindihan, kung bakit ganun yung message nya. Anu yun? Na-wrong send? Pero imposible.

Si Yuri yung binanggit nya at yung singsing. Hindi kaya alam nya yung engagement? Pero panu nya nalaman?

Agh! Yan na naman!

Sumasakit na naman ang ulo ko. Agad ako'ng naghilamos at sipilyo. Tinali ko din yung buhok ko pa-bans.

Paglabas ko ng banyo nakita ko si Ci-N na parang may hinahanap. Nabaliktad na rin nya yung kutson na hinihigaan nya sa sahig pero mukang hindi pa rin nya makita.

"Anu hinahanap mo?" Tanung ko.

"Yung tumutunog."

Pagkasabi nya nun, awtimatiko'ng hinanap ng mata ko yung cellphone ko. Akin yun eh! Ringtone ko yun!

Nabaliktad ko na rin yung kama ko pero wala. Hanggang sa napatingin ako sa basurahan.

Pakshit!

Tinapon ko nga pala yung cellphone ko sa sobra'ng inis. Nanlulumo ako kagabi. Feeling ko wala'ng pakinabang cellphone ko kaya dumiretso sa basurahan.

Kinuha ko naman yun agad at tinignan yung tumatawag.

King Ulupong Calling...

Tinignan ko muna si Ci-N bago sagutin yun.

"Hello." Sabi ko pagkasagot ng tawag.

["*Kindly explain why you're not answering any of my phone calls and text messages.*"] Maotoridad na tanung nya.

"H-ha? A-anu... K-kasi... Eh." Yun na nalang ang naisagot ko habang naghihimas ng batok.

Bigla din kasi sya'ng tumawag kagabi pero hindi ko sinagot dahil busy nga ako sa pakiki-usap kay David at pag-iyak na rin.

["*Tss.*"]

Bigla nalang ako'ng napatigil. Yung feeling na nanibago bigla ako sa hindi ko maintindihan na dahilan o mas tama ata'ng sabihin na para'ng namiss ko yung '*Tss*' na yun.

["*...Sasama kaba kay Eman mag-grocery?*"]

Ay oo nga pala! Tinignan ko yung oras sa wall clock. Buti nalang at maaga pa.

"O-oo... Sasama ako. Bakit?"

["*Magkita tayo pagkatapos.*"] Sabi nya at bigla nalang namatay yung tawag.

Bastusan?!

Animal tong kumag na to! Ka-aga-aga bubusitin ako. Hinarap ko si Ci-N para sana ipa-alala sa kanya na mag-grocery kami. Sasama daw kasi sya sabi nya kahapon.

Pero seryoso'ng seryoso ang itsura nya habang nakatingin sa cellphone nya.

"Uy... Bakit?" Tanung ko.

"Hindi pala ako makaka-sama sa inyo."

Taka ko sya'ng tinignan. **"Hm?"**

"Magkikita kami ni Rakki at ni... Ate."

Nag-nod nalang ako. Gustuhin ko mang itanung kung tungkol saan yun, pinili ko nalang tumahimik. Malakas ang pakiramdam kong seryoso yung usapin nila.

Dumiretso sya sa banyo para maghilamos. Nagbihis naman ako ng damit.

Paglabas nya ng banyo inaya ko na agad sya'ng mag-almusal. Nakasalubong pa namin si Aries na---as usual---masama ang tingin samin.

Habang kumakain, hindi ko maiwasan na hindi mailang. Ang tahimik kasi ni Ci-N.

"Anu'ng oras ka pala uuwi? Gagabihin kaba?" Basag ko sa

katahimikan.

"**Hindi ako sure. Pero tatawagan kita agad.**" Formal nya'ng sagot at nagpilit ng ngiti.

Hindi na ko nagsalita at nagpatuloy sa pagkain. Nauna pa sya'ng natapos sakin at agad na bumalik sa kwarto ko.

Eh bakit?!

Pagbalik ko sa kwarto, nagbibihis na sya. *Wow! Pormado'ng pormado!* Pag-ganito sya manamit para sya'ng hindi bata.

Naligo na rin ako. Mabilis ang naging kilos ko. Pati na rin sa pagbibihis.

Sabay kami'ng lumabas ng bahay. Si Ci-N nga lang ang sumakay paalis. Naiwan ako'ng nakatayo sa kanto namin at naghihintay ng sundo.

Habang naghihintay, hindi nakaligtas sa paningin ko ang isang grupo ng kalalakihan na naninigarilyo sa kabilang kanto.

Eto na naman po tayo!

Nakatitig sila sakin at panay ang bulungan. Pero bago pa man din sila makagawa ng hakbang malakas na busina ng kotse ang bumasag sa eardrums ko.

Pvta! Eman to!

"**Sakay!**" Malakas na sigaw ni Eman.

Nakasibangot ako'ng sumakay sa passenger seat. Alam ko kasing may naka-upo sa shutgun. Sino pa ba, edi yung isa sa masarap barilin ng shutgun.

Blaster?!

"**Umaano ka dito?!**" Gulat na tanung ko.

Expected ko si Eren o kaya si Rory or Kit. Basta isa sa mga tunay na

perwisyo.

"**Wala ako'ng magawa sa bahay.**" Bored nya'ng sagot at tumingin sa bintana.

"**May kalaban ka pala eh.**" Sabi ni Eman at tinuro yung grupo ng kalalakihan sa kabilang kanto.

"**Anu? Tatawag naba ko ng back up?**" Tanung ni Blaster.

Umiling ako. "**Wag na... Wala naman sila'ng ginawa sakin.**"

Aga-aga, away agad ang hanap. Ayos din tong mga to.

Nagkibit balikat lang si Eman at pina-andar na yung kotse. Dumiretso kami sa isa'ng Mall na pinaka-malapit sa amin.

Pagka-park ng kotse, nagpunta agad kami sa supermarket. Tatlo lang kami'ng magkakasama kaya wala masyado'ng pang-gulo.

Si Eman ang may hawak ng listahan kami naman ni Blaster yung nagtutulak ng cart. Habang naniningin, napatingin ako sa cellphone na hawak ni Blaster.

Picture kasi ng maganda'ng babae yung naka-wallpaper sa kanya.

Siniko ko sya. "**Sino yan?**"

"**H-ha? Si... Anu... Bestfriend ko.**" Sagot nya.

Bestfriend nya?

"**Yung... yung... Girlfriend ni Kei----**"

"**Oo.**" Putol nya sa sasabihin ko at naglakad palayo sakin.

Kaya naman pala binabakuran ng husto ni Keigan, maganda naman pala. Bestfriend daw?! Naku! Naku! Naku!

Patuloy kami sa pamimili, mabilis lang dahil kinukuha lang ni Eman yung kailangan. Hindi kagaya dati kapag kasama yung iba. Lahat nalang pinag-aawayan.

Nanguha na rin kami ng snack. Napahinto ako sa tapat ng mga candies. May nakita kasi ako'ng isang garapon ng lollipop.

Lollipop. Lollipop. Lolli. Lolli. Lollipop.

Naalala ko bigla yung Hari ng mga Ulupong. Nung unang beses ko sya'ng makita, lollipop ang nakasalpak sa bunganga nya.

Bigla ko'ng naalala na magkikita nga pala kami mamaya. May kung anu'ng ideya na pumasok sa isip ko. Kinuha ko yung garapon ng lollipop.

"**Ikaw magbabayad nyan.**" Sabi ni Eman sakin.

"**Oo na... Tsaka sakin naman to eh.**"

Tumuloy na kami sa pamimili. Ng masiguro ni Eman na kompleto na lahat dumiretso na kami sa cashier.

Ang haba ng pila.

"**Mamaya pa to...**" Sabi ni Blaster at humarap sakin. "**...Samahan mo muna ko. May bibilin lang ako sa isang stall dyan.**"

Tinignan ko yung pila. Ang haba nito tapos ang dami ding binili nung nasa harap namin.

Nag-nod naman ako. "**Sige... Mamaya pa to.**"

"**Iiwan nyo ko?!**" Inis na sabi ni Eman.

"**Edi sumama ka... Tara!**" Aya ni Blaster sa kanya.

Masamang tingin lang ang sinagot sa kanya ni Eman. Nagpaalam na kami at dumiretso sa loob ng Mall.

Kung titignan si Eman parang hindi sya palaaway na kagaya nung iba. Matured din sya mag-isip. Malakas nga lang ang trip nya kapag naisipan nya'ng mangulit kagaya nung iba.

"**Dun tayo.**" Turo ni Blaster sa isang tindahan ng pabango.

Habang hinihintay sya, napatingin ako sa isang fastfood restaurant

sa tapat lang ng kinatatayuan ko.

Para kasing nakita ko si Ci-N. Tinignan ko pang mabuti at nakita ko nga sya'ng nakaupo, kasama ng....Kuya nya?!

Kala ko Ate nya at si Rakki ang kakausapin nya?

Pero mukang totoo naman yun dahil sa katapat nila'ng upuan, nakaupo si Rakki at isa'ng babae na may hawig kay Ci-N at Kuya nya.

Saksakan nga lang ng ganda at mukang supistikada.

Hindi ako sigurado kung gano na sila katagal na nag-uusap at kung gano na rin ako katagal na nakatitig sa kanila, pero napaka-seryoso ng mga muka nila.

Bigla nalang tumayo si Ci-N at lumapit kay Rakki. Akala ko may sasabihin lang sya pero yumuko sya at tuloy-tuloy na nilapit ang muka nya hangang sa maglapat ang labi nila'ng dalawa.

"**Ooohhh... Ooohhh..**" tawag ko sa kasama ko.

Bigla kong nakalimutan ang pangalan nitong si Blaster. Napatingin na rin sakin yung tindera na naka-usap nya.

"**Napapano ka Jay?**" Tanung ni Blas.

Hindi ako makapagsalita. Tinuro ko nalang yung pwesto nila Ci-N at Rakki.

"**Nice! Muka'ng binata na ang bunso ng Section E.**" Sabi nya at agad na kinuha ang cellphone nya para kuhanan sila.

Yung Bata'ng Kumag!

"**...Tara na. Baka makita pa nila tayo.**" Aya sakin ni Blaster at may kinuha dun sa tindera.

Pero hindi ako makagalaw sa kinatatayuan ko. Gusto ko pang tignan ang susunod na eksena.

Baka nay kissing scene ulit!

Tengene! Kinikilig ako para sa kanila! Grabe! Gumagalawa'ng Ulupong na rin tong si Ci-N.

"**Tara na!**" Sigaw ni Blas kaya napilitan ako'ng sumunod sa kanya.

Pero habang naglalakad hindi ko maiwasan na hindi mapangiti. *Ay kasi naman! Ahihihi...*

"**Muka kang ewan Jay...**" Komento ni Blas kaya napatigil ako. "**...Ngumingiti ka mag-isa. Isipin ng mga tao baliw ka.**"

Inirapan ko nalang sya. Paki-alam ba nila, sa napapangiti ako ng eksena kanina eh.

Pagdating namin sa supermarket, si Eman na yung susunod sa cashier. Agad kami'ng lumapit sa kanya.

"**Emaaaannn...**" Tawag ko sa kanya habang kinikilig.

"**Napapano ka?**" Tanung nya.

"**Kasi nakita namin si Rakki at Ci-N----**"

"**Nag-kiss sila.**" Putol ni Blaster sa sasabihin ko.

Ay papansin!

Tinignan ko sya ng masama. Ako dapat magsasabi nun eh. Asar tong Pasabog na to.

"**Nice!**" Komento ni Eman.

"**Buti pa si Ci-N naka-score na. Yung isa dyan, hanggang HHWW pa rin sa girlfriend nya.**" Parinig ni Blaster.

Tatlo lang kami dito. Obvious naman na hindi ako yun, dahil wala naman ako'ng girlfriend. Hindi rin naman yun kahera dahil hindi naman namin sya kilala.

Tinignan ko si Eman na masama na ang tingin kay Blaster.

"**Tigilan mo ko.**" Ma-otoridad na utos ni Eman.

Tawa lang ang sinagot nitong isa. Mukang may magkakapikunan pa ata. Pero hindi yun ang inaalala ko.

Anu na kaya'ng status ni Rakki at Ci-N?

+ + Don't forget to Vote, Comment and Share. 😊 + +

Chapter 141

New York

Jay-jay's POV

"**...Aminin mo na Pre! Weak ka talaga!**" Pang-iinis ni Blaster.

"**Tantanan mo ko!**" Inis naman na sagot ni Eman.

Kanina pa sila ganyan. Mula sa harap ng cashier hanggang sa paglalakad namin papunta sa parking.

Ako nalang humihingi ng pasensya sa mga tao'ng pinagtitinginan kami at napeperwisyo ng dalawa'ng to.

"**Woohh! Virgin!**" Sigaw ni Blaster at bigla nalang ako'ng natawa ng malakas.

"**Hahahahahaha...**"

"**Gago ka! Tigilan mo sabi ako!**" Sigaw ni Eman at bigla nalang namula.

Bakit kapag lalaki ang nag-aasaran ng ganun nakakatawa? Pagbabae, parang nakaka-pikon at napaka-seryoso'ng usapin.

"**Bakit? Nahihiya ka! Kasi virgin kapa rin?**" Pangungulit ni Blas.

Halata'ng napipikon na si Eman pero nagpipigil lang.

Akala ko si Josh at Ci-N lang yung walang experience. Kasi yun yung sabi ni Rory pero mukang totoo tong pang-aasar ni Blaster kay Eman.

Bigla nalang tumunog yung phone ko. Hinayaan ko muna'ng magtalo yung dalawa at sinagot ko na yung tawag.

"**Hello?**"

["*Done shopping?*"] Boses nung Hari.

Dapat tinignan ko muna yun caller. *Pfftttt...*

"O-oo.."

["*Don't go anywhere. I'll pick you up.*"] Sabi nya at pinatay na naman yung tawag.

Bastusan talaga eh!

I'll pick you up? Alam ba nya kung nasan ako? Siguro sinabi nitong dalawa na to.

Speaking of dalawa, ayun nagtatalo pa rin sila. Lumapit na ko agad at baka mag-suntukan na.

"**Mauna na kayo. May pupuntahan pa pala ako.**" Sabi ko sa kanila.

"**Saan? Hatid na kita.**" Presinta ni Eman.

"**Dito lang din.**"

Pareho naman sila'ng nag-nod. Kinuha ko muna sa kanila yung garapon ng lollipop. Nag-paalam na rin sila dahil may gagawin pa daw si Blaster.

Pinagmasdan ko lang yung kotse nila na makalayo sa kinatatayuan ko. Sakto nama'ng pagkawala nila ang paglitaw ng *Nissan GTR* ng Hari.

Yayamanin talaga!

"**Sakay.**" Bungad nya sakin.

Grabehan! Hindi man lang ako pagbuksan ng pinto. Napaka-gentleman mo dyan.

Pagsakay ko, humarurot na ang wala'ng hiya. *Animal!*

"**Saan tayo pupunta?**" Tanung ko sa kanya.

"**Sa bahay.**"

Nag-nod nalang ako. Anu kaya'ng trip nito at nakipag-kita sakin?

Sandali lang ang naging byahe namin dahil sa bilis magpatakbo nito'ng kumag na to.

Pinarada nya yung kotse nya kahilera ng iba pa. Pinagmasdan ko yung ibang sasakyan na katabi ng sa kanya. Ang putik! Naiingit ako sa kanya.

"**Keifer... Mayaman ka naman baka pwede'ng akin nalang isa?**" Bungad ko sa kanya sabay turo sa mga kotse nya.

Seryoso nya ko'ng tinignan. "**Which one?**"

Hala! Hala! Which one daw!

"**Seryoso ka dyan?!**"

"**Yeah... Just make sure na hindi ka magpapakasal kay Yuri. Ibibigay ko sayo kahit bahay ko.**" Sabi nya at nag-cross arm.

Tinignan ko yung *MGA* kotse nya at yung bahay nila'ng mansyones.

Ayoko na palang magpakasal kay Yuri. Malaki naman pala kapalit. *Hehehehe Joke!*

"**Bleeehhh..**" Sagot ko sa kanya.

"**Tss.**" Sabi nya sabay irap. "**...Kahit naman wala yang mga yan, mapupunta ka pa rin sakin.**"

Yabang!

"**Asa!**" Mabilis kong sagot.

Tumawa lang sya at umiling. Napaka-taas ng confident sa sarili. Ikaw na! Ikaw na!

Sumunod naman ako sa kanya. Pagpasok sa loob, si Keiren agad ang bumungad sakin.

Kayalang bago ko pa sya mabati. Sinibangutan na agad ako at nilayasan.

Keifer na Keifer oh!

"**Sungit.**" Bulong ko at bumalik sa pagsunod kay Keifer.

Nagpunta kami sa basement nila. Kung saan yung mahiwagang tambayan ng mga Ulupong.

Dito ako hinatid ni Keigan dati nung hinahanap ko si Felix.

"**Anu yang dala mo?**" Tanung ni Keifer.

Yung garapon ng lollipop ang sinasabi nya. Inabot ko sa kanya yun. Tinanggap naman nya na puno ng pagtataka.

"**Naalala ko kasi dati, may subo kang lollipop nung una'ng beses kita'ng makita.**" Sabi ko at ngumiti.

Sandali sya'ng tumahimik at parang nag-isip.

"**I remember. Those are the time that i try to stop smoking. I use this...**" Tinaas nya bahagya yung garapon. "**...as a substitute but it didn't work.**" Paliwanag nya.

Nag-nod naman ako. Tama! Yun yung mga time na hindi ko pa sila nakikita ni Yuri na manigarilyo.

"**...but thanks anyway. Sayang nga lang.**"

Taka ko sya'ng tinignan. "**Sayang?**"

"**Hindi na kasi ito yung sweets na gusto kong substitute sa sigarilyo. Mas gusto ko yung Lips.**"

Yung Lips na candy ang una'ng pumasok sa isip ko. Pero may kakaiba kasi sa tingin sakin ni Keifer.

"**B-bakit?**"

"**Co'z *your* Lips is much more sweeter than this lollipop.**" Sabi nya at kumindat.

Kingina'ng to!

Sinasabi ko na! Ibang *Lips* ang tinutukoy nitong kumag na to. Agad ko sya'ng tinignan ng masama pero tinawanan lang nya ko.

Bumalik na kami sa paglalakad. Pagbukas ng pinto patungo sa mahiwaga'ng tambayan nila, si Edrix, Rory at Felix ang bumungad sakin.

"**Hi Jay!**" Bati nila sakin.

"**Hello, anu'ng meron? Bakit kayo andito?**" Tanung ko sabay upo sa tabi nila.

"**Bakit? Masama ba? Gusto mo ata solo mo si Keifer eh?**" Pang-aasar ni Edrix.

Malakas na hampas sa batok nya ang sinagot ko sa kanya. *Bwisit to!* Nagtatanung ako ng maayos.

"**Ang sakit nun...**" Reklamo nya habang hinihimas ang batok.

"**Bagay sayo yan... Ang tino ng tanung ko sayo.**"

Bahagyang tumawa si Rory at Felix. Naupo naman si Keifer sa tapat namin habang may hawak na baso ng alak.

Alak na naman!

Hindi kaya may drinking problem na tong isa na to? Twi-twina nalang kasi, may hawak na bote o baso ng alak ang luko.

Pero sa totoo lang, ang tagal nya malasing kapag nag-iinom sya. Ang tatag din ng atay nya.

"**We want to show you something.**" Sabi ni Keifer at sinenyasan yung mga kasama namin.

May nilabas na laptop si Edrix. Binuksan nya yun sa harap ko. Picture ng pasakay na lalaki sa kotse ang bumungad sakin.

"**Anu yan?**" Tanung ko.

"**Ang Papa mo.**" Sagot ni Edrix.

Sa halip na matuwa ako o maluha sa sinabi nya, nakaramdam ako ng inis.

"**Nilolоko mo ba ko?**" Inis na tanung ko.

"**Ha?**"

"**Panu ko masasabi'ng papa ko yan? Eh nakatalikod!**"

Kamot batok namang tinignan ni Edrix yung laptop at ngpipindot ng kung anu.

Sa sumunod na litrato ng-umpisa'ng magbago lahat. Nawala ang inis ko kay Edrix. Napunta lahat ng atensyon ko sa monitor ng laptop.

Si Papa nga!

Naka-pang-golf sya at nakatingin sa malayo. Hindi ako sigurado kung saan kuha yun pero malinaw na malinaw na sya yun.

Pinindot ni Edrix yung next button at napalitan yung picture. Naka-business attire sya at may kaharap na kapwa nya ganun din ang suot.

Nalipat ulit yung picture at nasa isang mahabang table naman sya kasama ng maraming lalaki na naka-business attire din.

Tuloy lang si Edrix sa pagpapakita ng picture sakin at aaminin ko. Gusto ko na wag na sya'ng tumigil pa. Pero hindi pwede dahil umulit na naman yung ibang picture. Mukang kaunti lang yung nakuha ni Edrix.

"**S-saan nyo nakuha mga picture na to?**" Tanung ko.

"**Yung iba sa Business Magazine, yung iba naman sa isang News Website.**" Sagot ni Edrix sakin.

Magazine? Website?

"P-panu'ng napunta don ang mga picture ni Papa?"

"Nag-search ako tungkol sa Papa mo. Nalaman ko na, anak pala sya ng isang Businessman Tycoon. Nahihilera din sila sa may mga magaganda'ng record sa business dito at sa ibang bansa." Paliwanag ni Rory.

Natigilan ako. Business man? Mayaman si Papa? Pero kung may kaya naman pala sya, bakit parang wala sya'ng nagawa para makita ako?

Hindi ko maintindihan. Sumasakit na naman ang ulo ko. Pakiramdam ko, lalung lumayo yung kalagayan namin ni Papa.

"...Kasalukuyan din sya'ng nasa New York ngayon." Dagdag ni Rory.

Ang bigat sa pakiramdam. Wala ako'ng ideya sa kung anung buhay talaga nya.

"Bukod dyan... M-meron pa sana kami'ng gusto'ng ipakita sayo." Singit ni Felix.

Merong pinindot si Edrix sa laptop. Nagbukas sya ng folder at bumungad ang mga picture ulit ni Papa pero sa pagkakataon na to meron sya'ng kasama.

S-s-si Percy?

Tinignan ko si Felix. Wala sya'ng reaksyon pero alam kong marami din sya'ng tanung.

"K-kasama nya si Percy?"

May ilang picture pang pinakita si Edrix at mistulan silang mag-ama. Nag-golf, nagtatawanan, kumakain sa restaurant at para silang isang pamilya.

Bukod sa pagkalito, nakaramdam din ako ng inggit. Gusto ko din makasama si Papa kagaya ng sa kanya.

"Percy Rey Mariano ang pangalang pinakilala nya." Sabi ni

Rory.

Eto ba ibig sabihin nun?!

Kaya ba kami magka-apilyido dahil dito? Pero anu'ng relasyon nila? Pinakita na sakin ni Felix ang Papa ni Percy at hindi yun ang Papa ko.

"**...bukod dito, wala na kami'ng ibang makuha'ng information. Limited lang ang nakalabas tungkol sa kanila.**" Paliwanag ni Rory.

Nasuklay ko nalang ang buhok ko. Kusa ding bumagsak ang mga luha ko. Sobrang bigat sa pakiramdam. Gusto'ng gusto ko ng makilala si Papa, tapos malalaman ko na magkasama pa sila ni Percy.

Si Percy'ng ilang beses kong nakaharap at naka-usap.

"**Jay...**" Tawag nila sakin.

"**Okay lang ako... Ang daya lang kasi.**" Sabi ko.

Inabutan ako ni Felix ng tissue. Napatingin ako kay Keifer na seryoso'ng nakatingin din sakin.

"**Thank you... At least may clue na ko tungkol sa kanya.**" Sabi ko at napilit ng ngiti.

"**But you don't look happy about it.**" Sabi nya.

"**Masaya ako... Naiinis lang kasi ako. Lalu lang nadadagan yung mga tanung ko.**"

"**I know... It makes you frustrated.**"

Nag-nod naman ako. Totoo naman kasi, sinasagad ako ng mga tanung tapos wala namang sagot.

"**...But no matter what happen, we will help you find an answer for your question.**"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. 😊 + +

Chapter 142

Message

Jay-jay's POV

Kung may bibig lang ang mata ko. Kanina pa ko minura nito. Bukod sa patong-patong na eyebag nadagdagan na naman ng panibago.

Buti nalang at hindi pa ko nakikita nila Tita at Kuya. Kundi tatadtarin na naman nila ako ng tanung.

"**May nangyari ba?**" Tanung sakin ni Ci-N.

Umiling lang ako. "**W-wala to...**"

Binaba nya yung dala nya at naupo sa tabi ko. Kahit wala ng luha, pinupunasan ko pa rin yung mata ko.

"**Jay... Anu ngang nangyari?**" Tanung nya.

"**May nalaman lang ako tungkol kay Papa.**"

"**Hindi ba dapat masaya ka?**"

Nagpilit ako ng ngiti. "**Masaya naman ako. Ang komplikado lang kasi ng sitwasyon namin.**" Nagbabadya na naman ang mga luha ko.

"**Okay lang yan...**" Inakbayan nya ko at hinimas sa balikat. "**...Bababa din ang singil sa kuryente.**" Sabi nya dahilan para mapangiwi ako.

Anung connect ng kuryente?

Bigla nalang sya'ng tumawa ng malakas. Impakto! Nagda-drama ako dito tapos biglang hihirit ng ganun.

"**Hahahaha... S-sorry! Hahahahaha.**"

Kumuha ako ng unan at hinampas sa muka nya. Hindi pa rin sya tumigil sa pagtawa kaya pinaghahampas ko na sya ng unan.

"Hahahahaha... Aray! Hahahahaha... T-teka lang! Hahaha Tama na!"

Panu kaya ako titigil kung ayaw nyang tumigil sa pagtawa?

Kusa din kaming napagod kaya huminto na ko. Panira ng moment tong Bata'ng Kumag na to.

"**Ikaw na masaya.**" Inis na sabi ko.

"**S-sorry na... Hindi lang ako sanay ng malungkot ka.**" Sabi nya habang nakangiti sakin.

Sabagay, kahit ako din. Hindi na rin ako sanay ng malungkot ako. Lagi kasi'ng masaya tong mga Ulupong na at syempre nakakahawa.

Pero kahit wala nama'ng connection yung sinabi ni Ci-N sa mga sinabi ko. Nagawa pa rin nun na pagaanin ang loob ko.

"**Anu palang nangyari sa lakad mo?**" Pag-iiba ko sa usapan.

"**A-anu... A-ayus lang.**" Sagot nya sakin habang umiiwas ng tingin.

Bigla kong naalala yung nangyari kanina. Napangiti nalang ako ng di-oras. Hindi ko alam kung aasarin ko ba sya tungkol dun o ililihim ko muna.

"**Ahhh...**" Sabi ko habang nag-nod.

Napatingin ako sa dala nya na binaba nya kanina bago tumabi sakin. Dalawa'ng EcoBag at isang paper bag.

"**Anu to?**" Tanung ko at binuksan yung isa sa EcoBag.

Chibog!

Dami pagkain! Mukang nag-grocery ang luko. Sunod kong binuksan yung paper bag. Magazine ang laman nun, kumuha ako ng isa at tinignan.

Condo unit? Penthouse? Apartment?

Anu to? Parang brochure ng mga pwedeng tirhan. May estimated price din sa bawat dulo ng page.

"**Bakit may ganito ka?**" Tanung ko kay Ci na kasalukuya'ng nagbibihis.

"**Bigay ni Ate sakin... Mamili na daw ako. Ikukuha daw nya ko.**"

"**Ha? Ikukuha? Bakit?**" Taka kong tanung.

Seryoso lang yung itsura nya habang tinitignan yung hawak ko.

"**Hindi na ko makakauwi samin. Gusto din nila Mama na mag-matured na ko. Eto yung nakikita nila'ng solusyon.**" Paliwanag nya.

WTF?!

Nakalimutan ata nila'ng 14 years old lang si Ci-N. At anung mag-matured? Malakas ba trip nila sa buhay?

Nakaramdam ako ng lungkot. Akala ko magtatawanan kami at asaran dahil sa nangyari kanina. Pero mukang bad news ang uwi nya.

"**Anu'ng balak mo?**"

"**Ewan ko, pero parang mas maganda na rin yun. Wala namang bago dahil parang mag-isa lang naman talaga ko samin dati. Except sa maraming katulong na pwede kong utusan at pagtripan.**" Sabi nya at nagpilit ng ngiti.

Ako yung nahihirapan sa sitwasyon nya. Ang bata nya pa para maranasan to. At ang bata nya pa para ihiwalay ng tirahan.

"**...may favor sana ako sayo Jay.**" Sabi nya.

"**Anu yun?**" Mabilis kong sagot.

Kahit dito man lang matulungan ko sya.

"**Mag-apply ka naman sana'ng katulong ko.**" Sabi nya at ngumiti ng nakaloko.

Ay putik!

Panira talaga ang luko'ng to. Kumuha ako ng unan at agad na hinampas sa kanya. Akala ko kung anu'ng sasabihin.

"**Joke lang yun!**" Sabi nya.

"**Para kasing ewan... Panira ka ng moment.**" Binaba ko yung unan at tumabi sa kanya. "**...Kelan ka lilipat? May kasama ka ba dun?**"

"**Atat lang?! Pwede'ng mamili muna ko ng titirhan?!**" Sabi nya habang pinandidilatan ako ng mata.

Natawa nalang ako bigla sa itsura nya. Minsan questionable din ang kasarian nitong si Ci. Kundi lang dahil sa nakita ko kanina, baka inisip ko na kagaya na rin sya nila Mayo at Kit.

May kumatok sa pinto ng kwarto. Bumukas yun at sumilip si Tita Gema.

"**Jay... Tara na. Hapunan na.**" Aya nya samin at ngumiti.

Bigla nalang tumayo si Ci at nagtatakbo palabas. Natawa nalang si Tita sa ginawa nya.

"**Ikaw Jay?**"

"**Sunod po ako.**" Sabi ko at ngumiti.

Nag-nod naman si Tita at umalis na. Meron kasi ako'ng gagawin bago magtatakbo papunta sa dining.

Kinuha ko yung cellphone ko. Dinial ko yung number ni David at hinintay na sagutin nya yung tawag.

["*Jay?*"] Sabi nya pagsagot ng tawag.

"Pwede ba kong humingi ng pabor sayo?" Tanung ko.

["*About what? Can we talk about it in personal?*"]

"Wala ng time eh... Pakisabi lang sana kay----"

["*Pupuntahan kita. Where are you?*"] Pagpipilit nya.

"Wag na! Please David... Pasabi nalang sa kanya."

Dinig ko ang pag-buntong hininga nya.

["*Anu'ng gusto mong ipasabi?*"]

Napahawak ako sa kwintas ko. **"Sabihin mo to sa kanya... '*Kung wala kang balak ipakilala sakin kung sino ka talaga. Wag ka na'ng magpapakita o magpaparamdam pa*'."**

["*Makakarating.*"] Sagot nya sakin at pinatay na ang tawag.

Mas mabuti na to. Lalu lang ako'ng naguguluhan sa ginagawa nya. Halata nama'ng ayaw nya'ng aminin kung anu'ng pakay nya sakin at kung sino ba talaga sya.

Nakakasama lang ng loob.

+ +

David's POV

["*...I can't blame her.*"] Percy said.

"Muntik na nya'ng sabihin ang pangalan mo sa phone. Buti nalang at naunahan ko sya."

["*It doesn't matter to me. What i care about is Jay-jay. Mas gusto ko pa nga kung makarating kay Keifer na meron kami'ng communication.*"] Halata sa boses nya ang pagkainis.

"Yeah... Pero kapag nakarating kay Keifer yun, hindi na nya ko papalapitin kay Jay-jay."

["*I know... I know.*"]

"Just get back here as soon as you can." I said and ended up the call.

I don't know what exactly happen to Jay-jay and why she said that. Pero alam kong may ginawa si Keifer kaya bigla nya'ng sinabi yun.

Kagabi lang, halos magmaka-awa sya sakin na tawagan si Percy tapos ngayon ayaw na nya'ng makausap pa.

Percy...

Gusto ko ng tapusin ang contract ko sa kanya. Sana lang bumalik na sya.

+ +

Percy's POV

Gusto'ng gusto ko ng bumalik. I want to see Jay-jay and explain everything to her.

"Sir." Someone called me.

I just look at him boredly.

"...Your Mom is waiting for you."

Kelan ba matatapos to?

Tumayo na ko at naglakad papunta sa office nila. It's not that far, but it feels like internity just to reach there door.

"Son." Tawag nya sakin pagbukas ko ng pinto.

As i expected andito na rin si Tito Jasfher.

"Pwede na po ba kong bumalik?" Bungad ko sa kanya before i kiss her cheek.

"You know that you can't, right?" Tito Jasfher answer.

Damn it!

I just nod shortly. Hinintay ko muna'ng matapos ang pinag-uusapan nila.

I stand near the glass window. Kita'ng kita ko ang mga kotse at tao sa baba. Para silang mga laruan at langgam mula dito sa kinatatayuan ko.

"**Percy... What did your doctor told you?**" Mom suddenly ask.

"**Same old, same old.**" I answer boredly.

"**Binigyan ka ba nya ng bagong gamot?**" Tito Jasfher ask.

"**Nope... Maganda naman daw po kasi respond ng body ko sa unang gamot na binigay nya.**"

"**Sabihin mo agad kapag nakaramdam ka ulit ng kirot sa spine mo.**"

I force a smile and nod. Stupid spine! Bakit ba hindi sya marunong maki-sama? Kung kelan akala ko okay na ko at makakalapit na ko sa kanya, sa ka naman babalik ang sakit.

Kinailangan pa naming pumunta dito para lang sa therapy at operation.

That accident.

Binago nun ang buhay ko. Literal na binago. Pinatay nun si Percy Rey Collins pero isinilang naman si Percy Rey Mariano. *Which is stupid!*

Nilayo ako sa mga kaibigan ko, sa pamilya ko, sa girlfriend ko at sa dating buhay na meron ako. Kapalit ng mga bagay na yon ang meron ako ngayon.

I blame no one to that accident. Hindi kasalanan ni Aries, he's spacing out that time. Traumatized by the kidnapping incident.

"**Percy! Let's go!**" Mom called me.

Sumunod naman ako sa kanila. Habang naglalakad, nakahawak pa

si Mom sa braso ni Tito Jasfher. Things na ginagawa lang nila sa labas ng bahay.

To show people that they are couples.

Pagpasok sa elevator, sinabayan kami ng isa sa mga secretary ni Mom. May inabot sya'ng sobre kay Tito Jasfher.

I know what is that for. Nangangati yung palad kong agawin yung sobre. Alam ko namang ibibigay din nya sakin yun pero hindi na ko makapag-hintay.

Nakarating kami sa basement parking. Pagsakay sa kotse----*ang pinaka-aasam ko.*

Ibinigay din sakin ni Tito yung sobre.

"**Finally...**" Sabi ko.

Binuksan ko yun at tinignan ang laman. Picture yun, picture ni Jay-jay.

"**Anu'ng update kay Jay-jay?**" Tito Jasfher ask.

Walang bago, papasok sa school. Naglalakad kasama nung bata'ng Ci-N. Uuwi sa bahay ng may dalang pagkain.

I suddenly stop when i saw something new.

"**This one...**" I started and handed the picture. "**...She visit someone in Benedict Hospital.**"

"**Does it indicate who it is?**" He ask while staring at the picture.

"**No.**"

Mom started to laugh at us. "**Both of you look like a stalker.**"

"**Can you blame me? I'm her Dad.**" He asnwer sound guilty.

"**I'm just excited to see my stepsister.**" I answer.

Yes, i am excited. How i wish Jay-jay is excited to see her

stepbrother too.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Chapter 143

Sunday Morning

Jay-jay's POV

"**...Nag-sisimba ka pala?**" Bungad ko kay Ci-N paglabas nya ng banyo.

"**Minsan lang talaga. May nag-aya lang kasi sakin ngayon.**" Sagot nya.

Ayyyiieeehhhh...

Kilala ko na. Hindi na kailangan pang sagutin. *Rakki San Diego* lang naman ang pangalan.

Napatingin ako sa Cellphone ko ng marinig kong tumunog yun.

Yuri Calling...

Lumabas muna ko ng kwarto. Ayoko'ng ipaalam dito kay Ci-N na tumatawag si Yuri. Baka kung anu'ng isipin nya.

"**Hello?**" Halos pabulong kong sagot.

["*Busy ka?*"] Bungad nya.

"**H-hindi naman... Bakit?**"

["*Simba tayo.*"] Aya nya.

Napatingin ako sa pinto ng kwarto. "**A-anu... K-kasi...**"

["*Great! Sunduin kita in 20 minutes*"] Sabi nya at biglang pinatay yung tawag.

Bastusan?!

Tropa talaga sila ni Keifer eh. Parehong pinapatay agad yung

tawag. Panu ko magsisimba? Kaylangan makaalis na tong isa bago ko mag-ayos.

Pumasok ako sa kwarto at agad na naupo sa kama. Kuwari wala lang yung tawag.

"**Ayos lang itsura ko?**" Tanung ni Ci.

"**Ayos naman.**"

"**Pang-'*That's my Bae*' naba?**" Sabi nya habang nagpapa-pogi.

"**Sisimba kaba o magf-fashion show?**"

Kamot batok sya'ng ngumuso. "**Sisimba.**"

"**Lumayas kana! Okay na yang itsura mo!**" Inis na sabi ko.

Umalis kana!

Ilang minuto na yung nasasayang sa pakikipag-usap ko sa kanya.

"**Eto na nga... Aalis na nga.**" Sabi nya at tsinek yung wallet at cellphone nya.

Naglakad na sya palapit ng pinto. Akala ko lalabas na sya pero humarap na naman sya sakin.

"**Sure kang okay lang?**" Tanung nya.

"**OO NA! GWAPO KANA!**" Sigaw ko ay ngumiti naman sya ng nakakaluko.

"**I know you'll say that.**" Sabi nya sabay kindat.

Binato ko naman sya ng unan. Agad nga lang sya'ng nakalabas bago pa tumama sa kanya yun.

Paglabas nya, bahagya kong binuksan yung pinto ng kwarto ko at pinakinggan sya. Narinig kong nagpaalam na sya kay Tita Gema at Tito Julz.

Nakaalis na yan!

Agad akong tumakbo papasok ng banyo. Mabilisang ligo ang ginawa ko. Pati sa pagbibihis, mabilisan lang.

Pants at tshirt lang ang sinuot ko. Nagmamadali na kasi ako at hindi ko naman alam kung anu'ng dapat suotin.

Patakbo akong lumabas ng kwarto ko at dumiretso sa Sala. Si Tita Gema ang sumalubong sakin.

"**Jay... Saan ang lakad?**"

"**Sa... Sa... Sa... Mag-sim----**"

"**Ma'am, may tao po sa labas, hinihintay si Miss Jay-jay.**" Putol nung maid sa sasabihin ko.

Si Yuri!

"**Sino daw----**"

"**Alis na ko Tita!**" Sigaw ko at mabilis na tumakbo palabas.

Hindi ko na hinintay ang sasabihin ni Tita. Paglabas ko ng gate, napahinto ako. Nahiya yung suot ko sa porma ni Yuri.

Naka-semi formal sya, ako eto casual lang. Magbihis kaya muna ko?

"**Jay!**" Tawag nya sakin ng makita nya ko. "**...Tara na?**"

Tinignan ko yung suot ko at suot nya. Parang nakakahiya.

"**Magbihis lang ako.**" Sabi ko at akmang papasok na sa loob pero hinawakan nya ko sa braso.

"**It's okay... You look perfect for me.**" Sabay ngiti sakin.

Hindi na ko nagsalita. Lumapit sya sa kotse nya at binuksan ang pinto. Ginayak nya kong makasakay.

Oh daba?! Gentlemen!

Hindi kagaya nung isa. Napaka---*Haaaaiiiizt!* Wag syang isipin! Masama!

Agad na pinaandar ni Yuri ang kotse pagsakay nya. Akala ko kung saan nya ko dadalhin pero dun lang pala kami sa pinaka-malapit na simbahan.

Sana hindi dito nagsimba si Ci-N.

"**Dito tayo magsisimba?**" Tanung ko habang pinag-mamasdan yung simbahan.

"**Oo naman... Ayaw mo ba?**" Tanung nya habang pinaparada ang kotse.

"**Hindi naman... Expected ko kasi kay Buddha.**"

Napataas ang isang kilay nya.

"**...Kasi diba Japanese ka? Buddhism ang Japan?**" Dagdag ko.

Bigla nalang sya'ng tumawa ng malakas. Napahampas na rin sya sa manibela ng kotse.

"**Anung taon kaba pinanganak? 21st century na po Lola, kalat na po ang katoliko sa mundo.**" Sabi nya habang kinakausap ako na parang matanda'ng mahirap umintindi.

Napasibangot ako. "**Malay ko ba.**"

Napailing nalang sya. Binuksan na nya yung pinto ng kotse at lumabas. Ganun na din ang ginawa ko.

Hinintay nya kong makalabas ng maayos at sabay kaming naglakad papasok sa simbahan.

Medyo marami ng tao. Sinubukan kong ilibot yung mata ko para hanapin si Ci-N o kaya si Rakki. Kayalang sa dami ng tao, hindi ko sila makita o makilala.

Bigla nalang hinawakan ni Yuri ang kamay ko at hinatak ako. "**Dito tayo.**"

Sa bandang gitna kami pumwesto sa dulo ng mahabang upuan.

"**Okay na?**" Tanung ko na pinagtaka nya. "**...Okay na diba? Baka pwede mo ng bitawan ang kamay ko.**"

Luko'ng to!

Nakaupo na kami't lahat lahat nakahawak pa rin sa kamay ko. Nawili naman ata sya.

Tinignan nya yung kamay namin. Kala ko bibitaw na sya, pero ngumiti lang sya sakin at hinigpitan ang hawak sa kamay ko.

"**Hoy. Bibitaw ka o bibitaw ka?**"

"**Pagbigyan mo na ko.**" Paki-usap nya sabay pout.

Umiling ako. "**Wag kang gumanyan hindi bagay sayo.**"

Nilapit nya pa ang muka nya sakin. Kala ko kung anu'ng gagawin nya. Bigla nalang sya'ng nag-puppy eyes at nag-pout pa.

"**Hindi ba bagay?**" Sabi nya.

Tatawa na sana ako dahil sa itsura nya pero may naunang tumawa sakin. Napatingin ako sa isang grupo ng kakabaihan na nakatingin samin at pasimple'ng nagtatawanan.

Ay... Close tayo mga Teh?

Bigla'ng umayos ng upo si Yuri at tumingin sa harap. Bigla din sya'ng sumeryoso at binitawan ako.

"**Kakahiya... Kasalanan mo to Jay-jay.**" Sabi nya sakin.

Ay wow!

"**Bakit nga ba kasi.**" Sabi ko habang natatawa.

Lalung dumami ang tao sa loob ng simbahan. Bigla'ng nagkaroon ng malakas na feedback sa speaker. May nagsalita at nag-umpisa na ang misa.

Habang nakikinig sa sinasabi ng pari, hindi ko maiwasan na hindi mapatingin sa grupo ng kababaihan na pinagtawanan si Yuri

kanina.

Panay kasi ang tingin nila samin----mas tama ata'ng sabihin na kay Yuri lang. Magbubulungan sila at maghahagikgikan.

Yung totoo? Misa ba talaga pinunta nyo dito?

Bahagya kong siniko si Yuri para kuhanin ang atensyon nya.

"**Bakit?**" Bulong nya sakin.

"**Meron kang fans club.**" Sagot ko sa kanya at bahagya'ng nginuso yung grupo ng kababaihan.

Mukang nakuha naman nya yun agad dahil tinignan din nya.

"**Wag mong pansinin.**" Sabi nya.

Sinunod ko ang sinabi nya. Kayalang may pagkakataon talaga na mabilis kang mabu-bwisit dahil sa kinikilos ng iba.

Ako naman ngayon ang pinag-iinitan nila. Panu ko nalaman? Titignan nila ko mula ulo hanggang paa tapos tatawa.

Aba!

Badtrip! Nasa simbahan pa man din kami ngayon. *Lowd patawad! Pagka't akoy makasalanan... Makasalanang nilalang..*

Agad kong hinawakan yung kamay ni Yuri. Holding hands ma'men! Medyo nagulat pa sya sakin pero hinayaan nalang nya.

Akala ko titigil na ang mga luka pero eto't pinagbubulungan na naman kami. Anu ba tong mga to? Hindi tuloy ako makapag-concentrate sa misa.

"**Jay...**" Tawag sakin ni Yuri. "**...May problema ba?**"

Sinenyasan ko sya'ng ilapit ang muka sakin. Ginawa naman nya at agad ako'ng bumulong.

"**Tumingin ka dun sa fans club mo tapos tumawa ka.**" Utos ko.

"**Bakit?**"

"**Basta gawin mo.**" Pagpipilit ko.

Nagpilit ng tawa ang luko at titingin sa kanila. Kayalang may taglay ata'ng kalandian tong si Yuri bigla nalang humagikgik dahilan para pagtinginan kami ng katapat at katabi namin sa upuan.

"**Umayos ka.**" Bulong ko ulit sa kanya.

"**Sorry... Hindi ko mapigilan.**"

Busit to! Dapat pala hindi ko nalang talaga pansinin. Nakakahiya tuloy kami. *Kainis!*

Pinilit kong iwasan at wag pansinin yung kabilang grupo. Hangang sa dumating yung oras ng pag-subo ng ostiya.

Nakipila na kami at kung talaga'ng mamalasin ka nga naman. Dalawa ang naging pila, sa kabilang side namin tinapatan pa talaga kami ng grupo ng kababaihan.

Naman talaga!

Panay ang pagpapa-cute nila kay Yuri. Eto nama'ng isa, palibhasa nasa likod ko hindi ko makita kung nagpapa-cute din ba.

Bigla nalang ako'ng nawalan ng gana. Bwisit kasi! Umalis ako sa pila at hinayaan si Yuri mag-isa dun. Ang wala'ng hiya naman, hindi sumunod.

Ayoko sana'ng mag-mura! Nasa simbahan kami.

T.I. nalang! Kainis!

May ilang minuto akong naghintay sa kinauupuan namin. Akala ko hindi na matatapos ang paghihintay ko. Dumating ang Yuri at agad na lumapit sakin.

Lumuhod muna sya sandali at nagdasal. Pagkatapos, naupo na sya ulit sa tabi ko.

Bigla nalang nya hinawakan ang panga ko. "**Say ahh.**"

Hm?

"**Sige na... Open your mouth.**" Pagpipilit nya.

Kahit nagtataka, ginawa ko naman. Nagulat nalang ako ng bigla nya kong sinubuam ng ostiya.

"**Para sakin talaga yan, pero naisip kong ibigay nalang sayo.**" Sabi nya at ngumiti.

Yung wala na kong nasabi.

Namangha nalang ako ng wala sa oras. Pero bawal ibigay sa iba yung ostya'ng inabot sayo. Yari tong Yuri na to pagnagkataon.

Nawala na sa isipan ko yung grupo ng mga babae kanina. Hanggang sa tuluyan ng natapos ang misa.

Hinawakan nya ang kamay ko at naglakad kami palabas ng simbahan.

"**Saan mo gusto'ng magpunta?**" Tanung nya sakin.

"**K-kahit saan.**"

"**Sure ka?**"

Tipid na tango lang ang naisagot ko sa kanya. Wala ako'ng ideya sa mga maganda'ng pasyalan ng ganto'ng araw.

"**Kahit sa motel?**"

Nanlaki ang mata ko sa sinabi nya. Tinignan din kami ng ilang matanda na dumaan sa harap namin.

Malakas na hampas agad ang binigay ko sa kanya. "**Sira ulo ka!**"

"**Joke lang! Tahimik mo kasi.**"

"**Sisipain kita! Ikaw na mag-isip. Mukang mamaya pa naman uuwi si Ci-N.**"

Sandali sya'ng tumahimik at nag-isip. Tinignan din nya yung oras sa relo nya.

"**Mag-luto nalang tayo.**"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Chapter 144

Sundate

Jay-jay's POV

"**...Fried chicken?**" Tanung ko.

"**Legs!**" Sagot ni Yuri.

"**Pareho tayo... Kailangan paba ng flavoring mix?**"

"**Siguro... Kuha na rin tayo.**" Sabi nya at dumampot ng isang pakete ng chicken mix.

Kasalukuyan kami'ng nasa supermarket. Napagdesisyunan nami'ng magluto nalang. Nakakatamad kasi'ng mamasyal sa ibang lugar. Tapos makikita ko lang yung kagaya ng grupo ng mga babae kanina. *Naku!*

Naghahanap kami ng mga pwede pang bilhin bukod sa lulutuin namin.

"**Snacks? Kuha tayo?**" Tanung nya habang nakaturo sa mga churchirya.

"**Sige... Sige...**"

Lumapit naman kami sa area ng mga junkfoods at kumuha ng kumuha. Para kami'ng mag-boyfriend sa ginagawa namin. Nakakatuwa din pala yung ganito.

"**Pwede na to! Tara na sa cashier!**"

Dahil maaga pa, hindi naging problema samin ang pila. Kaunti pa lang kasi yung tao. Muka ngang kami pa nitong si Yuri ang nauna.

Habang hinihintay matapos yung babae sa pag-punch nung mga binili namin. Napatingin ako dun sa 3kg na chicken legs na binili namin.

Saan pala kami magluluto?

Kinalabit ko si Yuri na kasalukuya'ng hinihintay matapos yung babae.

"**Saan pala tayo magluluto?**" Tanung ko sa kanya.

"**Sa bahay namin... Hindi naman pwede sa inyo. Baka mag-away lang kami ni Aries.**"

May point sya dun. Baka magka-initan lang sila'ng dalawa. Mahirap na, masaya'ng lang tong binili namin.

Natapos ang ginagawa nung babae at nagbayad na si Yuri. Wala ako'ng contribution kundi yung pagtuturo ng bibilhin.

Sa parking agad kami dumiretso kung nasan ang kotse nya. Sinakay nya sa passenger seat yung mga binili namin.

"**Tara na... Let's cook our lunch.**" Sabi nya at pina-andar na ang kotse.

Tahimik lang kami sa buong byahe, pero nakikita sya na papangiti ng walang dahilan.

Naaning na ata!

"**Hoy! Napapano ka?**" Tawag ko sa kanya.

"**Ha?**"

"**Ngumingiti ka mag-isa.**"

"**Ay hahaha... Sorry. Nae-excite lang kasi ako.**"

Napangiwi nalang ako. Baliw na tong Yuri na to! Baka may tama na pala sa utak ang wala'ng hiya hindi ko pa alam. Ayoko pa nama'ng magpakasal sa baliw.

Nakarating kami sa mamahaling gusali nila. Sa basement na naman ang parking nya. Paghinto, napatingin ako sa mga kotse'ng nakaparada. Naalala ko yung *MGA* kotse nung Hari.

Anu kaya'ng ginagawa nya ngayon?

STOP! Wag mo sya'ng isipin Jay! Si Yuri ang kasama mo ngayon. Sa kanya dapat ang focus mo. Very wrong!

Bumaba agad ako sa kotse at kinuha yung mga punamili namin pero inagaw ni Yuri yun.

"**Ako na...**"

"**Hati nalang tayo.**" Sabi ko at pilit kinuha yung isang plastic na malaki sa kanya.

"**Ako nalang. Kaya ko naman.**" Pilit nya.

Hinayaan ko nalang, hindi na ko nakipagtalo. Ang hirap ding kausap nito eh. Sya'ng sya nung tropa nya.

Naglakad na kami papunta sa elevator. Pagsara ng pinto, may bigla nalang ako'ng naalala.

Kusa nalang tumaas ang kamay ko at malakas na hampas sa batok ang binigay ko kay Yuri.

"**Aray! Bakit?!**" Gulat na tanung nya.

"**Kingina mo! Alam ko na ibig sabihin ng '*baka*'! Kelan ko nalang naintindihan!**" Inis na sabi ko.

Narinig ko kasi si Calix minsan na sinabihan ng ganun si Felix. Bigla kong naalala na ganun din yung sinabi sakin ni Yuri nung aksidente kong tamaan ang anu nya---basta yun!---at nung dalhin din nya ko sa kanila.

Tinanung si Calix at pinaliwanag naman nya kung anu yun.

"**A-anu?! Anu'ng *baka*?!**"

"**Sinabihan mo ko nun dati! Nung umuulan at nadulas tayo sa putik tapos tinamaan ko yung... Yung... Yung... Basta yung anu mo!**" Paliwanag ko.

Sandali sya'ng tumahimik at nag-isip. Mukang naalala naman nya agad.

Napahimas sya ng batok, sabay yuko.

"**K-kasi... Anu... Mainit ulo ko nun eh. Sorry.**" Sabi nya sabay pilit ng ngiti.

Lukong to!

Atleast ngayon alam ko na. Kaya kapag sinabihan nya pa ko ng ganun, makakatikim na talaga sya sakin.

"**Baka! Baka! Baka!**" Sigaw ko sa kanya.

Bigla nalang naging seryoso ang muka nya. Mukang napikon na sa sinabi ko.

"**Jay-jay...**" Panimula nya. "***...Aishiteru.***"

Ha? Anu daw?!

Inambaan ko agad sya ng suntok. "**Ini-insulto mo ba ko?!**"

Bigla nalang sya'ng natawa. *Ay wala na to!* Nabaliw na ng tuluyan ang luko. Nagtatanung ako ng maayos tapos tatawanan lang nya ko. Baka may something na to sa utak.

"**I'll teach you few Japanese word.**" Sabi nya.

"**Bakit?**"

"**Baka kasi kapag dinala na kita sa Japan, awayin mo nalang bigla mga tao dun.**" Paliwanag nya.

May point naman sya dun. Baka mamaya inaalok lang pala ako ng pagkain tapos inaway ko na.

"**Sige... Sige...**"

"**Alright... Let's start with greetings.**" Sabi nya at humarap sakin. "***...Konnichiwa* means good day .**"

Aahhh... Konnichiwa.

"**Konnichiwa...**" Sabi ko.

"***Konbanwa* means Good Evening.**"

Ang dali lang pala nito. Akala ko naman mahihirapan ako. Kasi dati ang bilis-bilis magsalita nitong si Yuri. May kausap sya sa phone tapos salita'ng alien ang gamit nya.

"**Panu yung '*Thank you*'?**" Tanung ko.

"***Arigatou Gozaimasu...***"

(N/A: Gozaimasu pronounce as gozaimas)

Bigla nalang bumukas yung elevator. Hindi ko na namalayan dahil ginagaya ko yung sinabi nya, kayalang hindi ko naintindihan.

"**Anu? Aribato nilamas?!**"

Bigla nalang sya'ng huminto at napatingin sakin. Sakto namang pagtingin ko sa labas, andun pala yung mga maids nila Yuri.

Ay!

Ang lakas pa man din ng pagkakasabi ko. Nakatingin silang lahat sakin at para bang iniisip kung anu yung sinabi ko.

Nakagat ko nalang yung ibabang labi ko at agad na naglakad palapit kay Yuri. Nagtago din ako sa likod nya.

Kahiya!

Bahagya'ng umubo si Yuri para agawin ang atensyon nila. Binati naman nila sya agad.

"**Remove your shoes... Dun tayo sa kitchen.**" Sabi nya sakin.

Ginawa ko naman yung sinabi nya. Nakayuko pa rin akong naglalakad. Kakahiya kasi!

Hindi ko na napansin kung saan kami papunta. Hanggang sa

nakarating kami sa kusina nila. Modern na yung dating nung kitchen nila. Except sa kahoy pa rin yung sahig at Japanese style pa rin yung mga gamit.

"**Ikaw sa chicken, ako na sa pasta.**" Sabi nya pagkababa ng mga pinamili namin.

Magluluto daw kasi sya ng spaghetti. Walang may birthday, feel lang talaga nya magluto.

Meron sya'ng kinuha sandali sa maliit na drawer malapit sa kanya. Lumapit sya sakin at nagulat nalang ako ng suotan nya ko ng apron.

"**Para hindi ka madumihan.**" Sabi nya.

Pilit na tango lang sinagot ko sa kanya. May ganito pa, samin nga nakasando lang ako dati kapag magluluto. Minsa nga muka pa kong basahan eh.

Habang nagp-prepare, inuulit-ulit ko yung Japanese ng '*Thank you*'. Para hindi na ko magkamali at baka may makarinig na naman nung sasabihin ko.

"**Ariga-to... Go-go-go...**" Bulong ko.

"***Arigatou Gozaimasu...***" Pagtatama ni Yuri.

"**Arigato Golaymas.**" Sabi ko at bigla nalang sya'ng tumawa ng malakas.

Pffttt... Kainis!

Kala ko madali mahirap pala. Badtrip men! Ayoko na nga, ginagawa lang ako'ng katatawanan nitong isa.

"**Ayoko na nga... Pinagtatawanan mo ko.**" Inis na sabi ko.

"**Ganito kasi...**" Bigla nalang nya'ng hinawakan ang baba ko at hinarap ang muka ko sa kanya. "**...follow my lips.**"

Kahit nagtataka, ginawa ko pa rin.

"***A-ri-ga-tou.***" sabi nya at sunod naman ako.

"**A-ri-ga-tou.**"

"***Go-zai-masu.***"

"**Go-zai----**" hindi ko na natapos ang sasabihin ko.

Hala sya!

Nakadikit na kasi ang labi nya sa labi ko. Sinamantala ng wala'ng hiya ang ginagawa namin.

Ako naman si *ewan*, hindi man lang sya bawalan. Natameme na ko at hindi nalagalaw. *Nice!*

Kakaiba din tong isa na to. Nanakawan ka nalang ng halik bigla. Hanep yan! Itataon pa talaga na may ginagawa kami ah.

Bahagya sya'ng humiwalay at tinignan ako. Ngumiti pa sya sakin at pinunasan ng hinlalaki nya yung labi ko.

"**I'll teach you again next time. But now, let's continue cooking.**" Sabi nya at binalikan yung niluluto nya.

Ako tong para'ng tanga na bumalik sa ginagawa ko, kahit sa totoo lang blangko yung isip ko. Nabigla yata ako sa ginawa nitong si Yuri.

Hindi rin normal yung heartbeat ko. Bushet! Anu ba to? Bakit na naman ba ko nagkakaganito? Hindi ko alam kung gano ako katagal na ganito.

Natapos ang pagluluto ko, pero si Yuri hindi pa. Nag-uumpisa na kong mainip.

"**Matagal pa?**" Bored na tanung ko.

"**Kaunti'ng tiis nalang po.**" Sagot nya sakin.

Habang hinihintay maluto yung sauce ng spaghetti niligpit na ni Yuri yung mga ibang kinalat namin.

Nahiya naman ako kaya tumulong na ko. Nakiligpit-ligpit na rin ako. Tinapon ko na rin sa basurahan yung ibang mga kalat.

Habang nagliligpit, hindi ko napansin yung ibang mga gamit. Bigla nalang ako'ng nahiwa sa gilid ng palad.

"**Aahhh...**" Sigaw ko at agad na hinawakan ang kamay ko.

Napatingin ako dun sa nahawakan ko. *Pakshit!* May kutsilyo pala sa tabi. Agad namang lumapit sakin si Yuri para alalayan ako.

"**Blood... Tsk!**" Sabi ni Yuri.

Awtomatiko nalang na nanginig ang buong katawan. Para ako'ng binuhusan ng malamig na tubig. Ramdam na ramdam ko yung pag-agos ng dugo mula sa sugat papunta sa kabila'ng kamay ko.

Tang'na! Ngayon pa talaga.

"**Hold still... Kukuha lang ako----**"

"**WAG!**" Sigaw ko dahilan para mapatigil sya. "**...Wag! W-wag kang aalis!**"

Madiin ang ang hawak ko sa sugat. Hindi ako makatingin, natatakot ako. Baka bigla nalang maulit ulit. Naipikit ko nalang yung mata ko.

"**K-kukuha lang ako ng gamit...**"

"**Please... Y-yuri. Wag kang umalis.**" Pagpipilit ko.

Dinig ko yung pagtilas nya ng paper towel. Dahan-dahan nya'ng nilagay yun sa kamay ko.

Kahit nakapikit, naramdaman ko yung pagpatak ng luha ko.

"**Sssshhhh... It's okay. Don't cry.**" Sabi ni Yuri habang pinupunasan ang luha ko. "**...maliit na sugat lang yan. Malayo sa bituka.**"

Totoo, maliit lang. Malayo sa bituka. Pero hindi ko maiwasan na

hindi matakot. Panu kung mangyari ulit yun? Panu kung mawala na naman ako sa sarili at manakit?

Sya lang ang nasa harap ko ngayon, ayoko sya'ng saktan.

Wag naman sana...

"N-natatakot ako... A-ayaw kita'ng masaktan." Bulong ko.

Alam kong nagtaka si Yuri dahil sa pagtahimik nya.

"O-okay lang... Bakit ako masasaktan? Ikaw tong nasugatan."

"Please... Y-yuri. Tawagan mo si Keifer." Paki-usap ko.

Alam kong mali. Mali'ng mali dahil si Yuri ang kaharap ko. Pero si Keifer ang nakaka-alam ng sitwasyon ko.

Alam kong hindi sya kumikilos.

"I'm here Jay... W-why do you i need to call Keifer?"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Chapter 145

Mentally Ill

Jay-jay's POV

"**...Mababaw lang naman po yung sugat. Hindi na po kailangang tahiin pero siniguro ko po na nakasara na yung sugat para hindi na dumugo.**" Paliwanag ng maid sakin.

Sorry Yuri!

Hindi nya tinawagan si Keifer pero tumawag sya ng mga maid na tutulong sakin. Nakaka-guilty tuloy, badtrip!

"**S-salamat po.**" Sabi ko at nagpilit ng ngiti sa kanila.

Ngumiti din naman sila sakin. "**Pakihintay nalang po si Young Master dito.**" Sabi pa nila at umalis na.

Naiwan akong mag-isa sa parang mini clinic nila. Nakatanga at nanlalambot. Tinignan ko yung apron ko na may dugo na.

Wala na...

Hindi ko maintindihan kung bakit nangyayari lang yun sa sariwang dugo.

Anu ba talaga'ng mali sakin?

May bahagya'ng kumatok sa pinto kaya napatingin ako dun. Si Yuri, malungkot ang mga mata nya.

Nahihiya ako sa kanya. Dapat hindi ko na sinabi na tawagan nya si Keifer.

"**Okay na sugat mo?**" Tanung nya at lumapit sakin.

Tipid na tango ang sinagot ko sa kanya. Napayuko din ako dahil sa hiya.

"S-sorry... Hindi ko dapat sinabi yung kanina."

Nanguha sya ng bangko at naupo sa harap ko. Hinawakan din nya yung dalawang kamay ko.

"Okay lang... Pero sana ipaliwanag mo naman sakin yung nangyari kanina. Pakiramdam ko wala ako'ng alam sayo."

Napa-kagat ako sa ibabang labi ko. Kasalanan ko to. Noon pa dapat ako nagsabi sa kanya. Panu nalang kung kasal na kami at wala pa rin sya'ng alam.

"May alam ka naman tungkol sakin... Hindi nga lang lahat. Natatakot kasi ako'ng sabihin sayo---sa inyo. Kasi kahit ako hindi ko maintindihan yung nangyayari sakin." Paliwanag ko.

"Hindi naman masama'ng magsabi. Anu'ng malay mo, baka kaya kita'ng tulungan na alamin yun."

Tama sya...

Matagal ko ng inaalam sa sarili ko kung anu to pero wala naman ako'ng napapala. Baka nga matulungan nya ko.

"Yuri kasi..." Panimula ko at huminga ng malalim. **"...m-may mali sakin."**

Tinignan nya ko sa mga mata at hinintay ang sasabihin ko.

"K-kapag nakakita ako ng dugo, may kakaibang nangyayari sakin. Nung una akala ko, phobia lang sa dugo pero nung tumagal... iba na."

"...Nawawalan ako ng malay sa pagkakatanda ko. Pero sabi nila kumikilos ako, gumagalaw at... Nagsisimula'ng manakit ng iba." Pag-tutuloy ko.

Kita ko ang interes ni Yuri sa pakikinig sa sinasabi ko. Ayoko na sana'ng mag-salita pero alam kong dapat ko na tong sabihin sa kanya.

"...K-kahit anu'ng pilit ko, hindi ko matandaan na nanakit ako

ng ganun. Wala'ng kahit anu..." Kusa nalang bumagsak ang mga luha ko ng hindi ko namamalayan. "**...Hindi ko alam kung saan ko nakuha yun. Basta nag-simula'ng mangyari yun nung kidnapin kami ng Tatay ni Aries, nasundan pa nung mag-away kami ni Cyrus at yung huli... Yung kay Ram.**"

"**P-pero sabi ni Keifer, pinatulungan nyo daw si Ram.**" Sabi ni Yuri.

Umiling ako. "**Yun ang usapan namin na sasabihin namin sa inyo. Pero alam ni Kuya Angelo at Aries yung nangyari. Sinabi nya at nagbaba-sakali na may alam sila... pero wala.**"

"**Alam ni Keifer? Kaya ba gusto mong tawagan ko sya?**"

Nag-nod ako bilang sagot. Pinagmasdan ni Yuri yung kamay ko'ng may sugat. Tumahimik din sya at para'ng nag-isip.

"**K-kung ayaw mo na sakin dahil dun----**"

"**No. No. Don't say that.**" Putol nya sa sasabihin ko. "**...I love you Jay. No matter what happen or what you do i will and still love you.**"

"**Pero panu kung----**"

"**Don't think anything. Wag na wag kang mag-iisip ng kahit anu... Please.**"

Napilitan akong mag-nod sa kanya. Pero sa totoo lang, maraming naglalaro sa isip ko.

Panu kung maulit yun at saktan ko sya? Anu'ng gagawin ko?

Tumayo sya at lumapit sakin. Hinawakan nya yung baba ko at bahagya'ng tinaas para makaharap sa kanya.

"**We will figure this one out. You trust me, do you?**" Tanung nya.

Tipid na tango ang sinagot ko.

Ngumiti sya sakin. "**Now, can i kiss you?**"

A-anu?

Hindi na ko nakasagot. Kuwari pa sya'ng nanghingi ng pirmiso, eh palapit na yung labi nya sakin. Ayos din to eh!

Wala naman ako'ng dahilan para tumanggi. Pinikit ko nalang ang mata ko. Hinintay na dumampi sakin ang labi nya.

Walang gumagalaw, kulang nalang pati paghinga namin pigilin ko na. Aaminin ko, ayoko'ng matapos ang oras. Hindi ko alam kung bakit pero ang alam ko lang, komportable ako sa tabi ni Yuri.

May ilang segundo ding nakadikit ang labi nya sakin hanggang sa unti-unti nya'ng galawin yun.

Hala sya! Teka lang...

Sinubukan kong humiwalay sa halik nya pero hinawakan nya agad yun batok ko. Napahawak nalang ako sa dibdib nya pero kahit yun hindi rin sya napigilan.

Anak nang...

Wala ako'ng nagawa kundi ang tumugon sa mga halik na yun. Sa hindi ko maintindihan na dahilan. Kahit hindi marahas ang halik nya sakin, may bahagi ko ang nagsasabing tumigil ako.

Hindi sila pareho ni Keifer----syempre dahil magkaibang tao sila. Pero kung tutuusin mababaw lang humalik si Yuri. Matamis, gentle at puno ng feelings. Bagay na hindi ko maramdaman kay Keifer.

Pero bakit yung halik pa rin nya yung naiisip ko?

Lakas loob kong hiniwalay ang labi ko sa kanya. Naghabol kagad ako ng hangin at napayuko.

"**Bakit?**" Tanung ni Yuri.

"**S-sorry...**"

"Hindi ka komportable? Nabigla ba kita? Ayaw mo ba ng ganito?" Sunod-sunod nya'ng tanung.

Umiling kagad ako. Ayokong mag-isip sya ng ganun. Hindi naman sa ayaw ko.

"W-wala... Meron lang ako'ng naalala." Sagot ko.

Kagad nya kong niyakap. **"Mali siguro yung timing ko. Sorry."**

Bago pa man ako makapagsalita para sagutin sya. Natigilan ako, napatingin sa banda'ng pinto dahil sa isang bata'ng babae. Naka-full bangs at saksakan ng puti.

Multo?!

"Why are you eating Yuri-san face?" Tanung nya sakin.

Agad na humiwalay si Yuri at gulat na tumingin dun sa bata.

"Yoichi!" Sigaw ni Yuri.

Agad namang tumakbo yung bata'ng Yoichi palabas ng mini clinic. *Teka lang!* Yoichi? Kapatid ni Yuri!

"Ang kulit talaga..." Komento ni Yuri at humarap sya sakin. **"...pupuntahan ko muna si Yoichi. Makakapunta ka na siguro sa kwarto ko mag-isa diba?"**

"O-oo..." *Yata.*

Ngumiti naman sakin si Yuri at agad na pinuntahan si Yoichi. Naiwan akong nakatanga sa kawalan.

Eto yung tama, si Yuri na dapat dahil pumayag ako'ng magpakasal sa kanya. Pero may bahagi ko pa rin na nagsasabi ng mali.

Kapag si Keifer ang kasama ko, buong isip ko ang kumokontra at nagsusumigaw ng mali. Pero ayaw makisama ng katawan ko.

Napapano ba ko?!

Anu bang gagawin ko? Naguguluhan ako. Sobra!

Huminga ako ng malalim at naglakad na papunta sa kwarto ni Yuri. Hindi ako sigurado sa dinadaanan ko. Naaalala ko pa yung ibang daan pero hindi lahat.

Basta may hagdan pataas!

Dahil yun lang ang naalala ko, lahat ata ng makita kong hagdan inakyatan ko. Nakaka-apat na hagdan na ko ng makita ko yung tama'ng daan papunta sa kwarto ni Yuri.

Success!

Wala nama'ng pinagbago ang kwarto nya. Except dun sa kurtina na dating naka-sara. Nakabukas na ngayon at kita'ng kita yung malaking balkonahe nya.

Pagkakataon ko ng ilibot yung sarili ko sa kwarto nya. Hindi ko nagawa dati, kasi nga sinusungitan nya ko.

Lumapit ako sa study table nya. Napatingin ako sa mga picture frame. Mga picture lang nya at ng pamilya nya. Meron ding class picture nila ng mga Section E.

Last Year siguro to!

Tumingin pa ko at yung mga libro agad ang umagaw sa pansin ko. Ang sipag mag-aral eh! May internet naman pero nagta-tyaga sa libro ang luko.

Bigla nalang may pumasok sa kwarto. Akala ko si Yuri pero yung mga maid lang pala nila. Dala nila yung niluto namin ni Yuri. Nagdala na rin sila ng pitchel na may juice at mga utensils.

Makakain paba ko nito?

Binaba nila yun sa coffee table malapit sa glass door ng balcony ng kwarto.

Ng matapos sila, humarap sila sakin at yumuko bago tuluya'ng umalis at iwan ako.

Bakit feeling ako ayaw sakin ng mga maid nila Yuri?

"**Hey...**" Tawag ni Yuri sakin na kasalukuya'ng nakatayo sa pinto.
"**...Nainip kaba?**"

"**Hindi naman. Nakita mo si Yoichi?**"

"**Oo... Nasa kwarto na sya.**" Sagot nya sakin.

Nag-nod lang ako. Naging tahimik kami pareho. Napapaiwas nalang kami pareho ng tingin at ang awkward nito.

Pfftttt...

"**G-gusto mo ng kumain?**" Tanung nya sakin sabay turo sa mga pagkain.

"**Sige...**"

Agad naman sya'ng lumapit sa coffee table at naghain ng pagkain. Ako naman bumalik sa study table nya. Naningin din ako sa bookshelf nya.

Isang libro ang umagaw ng pansin ko. *Photo Album.* Ang nakalagay kahit hugis at kakulay ng luma'ng libro.

"**Pwede kong tignan to?**" Tanung ko kay Yuri.

"**Sige lang...**"

Kinuha ko yung libro at muka'ng design lang yung cover. Pagbukas, puro picture talaga.

Taray ng photo album na to!

Naupo ako sa tabi ni Yuri at binuksan yun sa harap nya. Picture ni Yuri nung bata sya yung bumungad sakin.

"**Hahahaha.. ikaw to?**" Tanung ko habang nakaturo dun sa bata'ng umiiyak.

"**Don't look at that. Skip!**" Utos nya.

Kayalang natatawa kasi ako itsura nya. Muka'ng napikon sya dun at sya na naglipat ng pahina hanggang sa gitna ng album.

"Epal... Tinitignan ko eh."

"Makikita mo lang yung mga kahihiyan ko." Sabi nya.

Wala naman ako'ng nagawa kundi tignan yung part na binuksan nya. Picture nya yun banda'ng elementary.

Nilipat ko yun at bumungad sakin ang picture nila ni Keifer, Percy at.... Aries.

Muka silang masaya sa Picture except syempre kay Keifer na seryoso yung muka. Nakangiti din si Aries habang naka-akbay sa kanya si Percy.

Tinignan ko pa yung iba. Merong nagb-bike sila Yuri at Aries, naka-angkas naman sila Keifer at Percy sa likod nila.

Meron din na naka-school uniform sila. Karamihan sila'ng apat na nakangiti at halata'ng masaya. May nakita pa kong naka-pang-sakristan sila.

"Nag-serve kayo sa simbahan?" Tanung ko.

"Oo, pinasok kami ni Angelo sa pagsa-sakristan. Baka daw tumino na kami." Paliwanag nya habang kumakain.

"Anu'ng nangyari?"

"Pina-alis din kami agad. Panu sinuntok ni Keifer yung sakristan mayor."

Pfffttt hahahaha...

"Sira ulo talaga."

Tumingin pa ko ng picture. Meron ako'ng nakita na naka-uniform ng basketball si Aries. Ang alam ko nga naglalaro sya dati pero huminto sya sa hindi ki alam na dahilan.

Meron din si Percy at Keifer na naka-suot ng baseball uniform.

Teka lang...

Naalala ko si Keifer nung binato nila ko ng bola sa gym. Yung paraan nya ng pagbato, kaya pala ganun.

Nilipat ko yung pahina. Isang picture lang ang nakalagay dun. Nag-iisa at natatangi.

Hawak ni Percy yung camera o cellphone. Nasa loob sila ng sasakyan at mukang nakapatong sa harap malapit sa manibela yung ginamit panguha.

Si Aries ang nagmamaneho. Tulog si Keifer at tanging si Yuri at Percy lang ang nakatingin sa camera. Pero hindi sila nakangiti.

Ang bigat sa pakiramdam ng picture na to.

"**Yan ang huling picture namin na magkakasama.**"

+ + Don't forget to Vote, Comment and Share. 😊 + +

Chapter 146

Author's Note: Alam ko marami magagalit dito...

Frustration

Jay-jay's POV

Ayoko'ng magtanong. Ayoko kahit gusto ko. Ang gulo pero ayoko talaga.

Ayokong buksan yung topic ng aksidente. Kahit kati'ng kati na kong malaman yung totoo.

Alam ko na yung ilang part pero yung kabuuan. As in buo!

Ako na intrimitida!

"**Andito na tayo...**" Sabi nya at hininto ang kotse sa harap ng bahay namin. "**...susunduin ba kita bukas?**"

"**Wag na siguro... Sabay kami ni Ci-N. Hindi pa rin nya alam.**" Paliwanag ko.

"**Ahh... Ok. Maybe next time.**"

Ngumiti nalang ako sa kanya. Bubuksan ko na sana yung pinto ng kotse pero bigla nya kong hinawakan sa braso.

"**Teka lang...**" Sabi nya.

"**Bakit?**" Tanung ko.

Bigla nalang sya ngumuso at pumikit. Napataas nalang ang isang kilay ko.

"**Gusto mo'ng humalik sa kamao ko?**" Tanung ko at bigla nalang nya ko'ng tinignan ng masama.

"Isa lang!" Inis na sabi nya.

"Nakakarami kana kaya!"

"Bumabawi lang ako."

Bumabawi?!

"Anu namang binabawi mo?" Taka kong tanung sa kanya.

"K-kasi... Si Keifer, marami'ng beses ka ng nahahalikan pero ako... Ilang beses pa lang." Paliwanag nya.

Nakaramdam agad ako ng inis sa sinabi nya. Ang dating kasi sakin, nakikipag-paligsahan sya.

"Anu'ng ibig mong sabihin dun?" Seryoso'ng tanung ko.

"W-wala naman... Na-iinggit lang ako." Parang bata nya'ng sagot.

"Parang kang bata... Tsaka hindi paligsahan to!" Inis na sabi ko.

"Sorry..."

"Oh! Nang matahimik ka!" Alok ko habang naka-amba ng yakap.

Agad naman sya'ng ngumiti at yumakap sakin. Sinulit naman ng luko, medyo matagal bago sya humiwalay sakin.

Binuksan ko yung pinto ng kotse at bumaba na. Hinintay ko muna sya'ng maka-alis bago ako lumapit sa gate namin.

Isang hakbang nalang sana nasa loob na ko pero panibagong sasakyan ang huminto sa harap namin.

Sino to?!

Bumakas ang pinto ng kotse at galit na nakatingin sakin si.....*Keifer.*

"B-bakit andi----"

Bigla nalang nya kong hinawakan sa braso at kinaladkad palapit sa kotse nya.

"**Sakay!**" Utos nya.

Nakatayo lang ako sa harap ng kotse. Tumingin ako sa gate namin na nakabukas at sa kanya.

Kung tatakbo ako papasok, baka hindi nya ko maabutan. Hindi naman sya makakapasok sa loob ng bahay dahil andun si Aries at si Kuya Angelo.

"**Wag mo ng balakin pa...**" Dinig kong sabi ni Keifer.

Ganun ba ko ka-obvious? Pati yun na-realize nya.

Ikaw na!

Sibangot ako'ng sumakay ng kotse nya'ng----iba na naman! Sumakay din sya agad, bago pa man din umandar kumapit na ko sa pwedeng kapitan.

Hayop kasi nagmaneho ang luko. Feeling talaga nya Car Racer sya. Kamusta naman kaya ako'ng pasahero nya?

Habang patuloy sa pagmamaneho, pinagmamasdan ko sya. Salubong na naman ang kilay nya at parang ginalit ng mundo.

"**S-saan tayo pupunta?**" Tanung ko.

Hindi sya sumagot. Kumanan, kumaliwa at diretso lang ang byahe namin.

Napatingin ako sa langit. Palubog na yung araw, baka nag-aalala na sakin sila Kuya.

Kinuha ko yung cellphone sa bulsa ng pants ko. Magt-text na sana ako kay Ci-N at Kuya pero bigla nalang kinuha ni Keifer yung phone ko at binato sa harap ng manibela.

"**Magpapa-alam ako kay Kuya!**" Inis na sabi ko.

Hindi sya sumagot diretso lang ang tingin nya sa daan. Cross arm ako'ng napasandal sa sobrang inis. Ang lakas na naman ng sapi nya!

Asar!

Matagal ang byahe. Gano katagal? Hindi ko alam, basta ang alam ko madilim na ang langit. Sobra'ng dilim at mas madilim pa tong pinuntahan namin.

Hindi kaya may balak sakin to?!

Nasa gilid kami ng daan. Wala'ng kabahayan o kahit anu'ng ilaw. Pakiramdam ko nasa bagong gawang subdivision kami dahil sa nadaanan naming gate kanina.

"**Asan ba tayo?**" Tanung ko.

"**Anu'ng ginawa nyo ni Yuri?**" Mahinahon nya'ng tanung pero bakas sa boses nya ang galit.

Lagot!

"**N-nagsimba.**" Alanganin kong sagot.

"**Anu pa?**"

"**Nag-grocery at nagluto.**"

"**What else?**"

Nag-uumpisa na kong makaramdam ng takot sa ginagawa nya. Wala ako'ng balak sabihin lahat. Baka magalit na naman sya ng kagaya dati. Ayoko yata nun.

"**N-nag-kwentuhan at naningin ng picture.**"

"**What else?**"

"**Wala na!**"

"**What. Else.**" Madiin nyang sabi.

Napalunok nalang ako. Anu na naman ba kasing problema nya?

"**W-wala na... Meron pa ba dapat?**"

Tinignan nya kong diretso sa mata. Ayan na naman yung takot ko, nakikipag-unahan sa tapang ko.

"**Don't lie to me.**" Sabi nya.

Napatingin nalang ako sa ibang direksyon at huminga ng malalim.

Kingina naman kasi!

"**N-n-nag-kiss----**"

Hindi ko natatapos ang sasabihin ko. Bigla nalang sya'ng lumabas ng kotse at halos ibalibag nya ang pagsara ng pinto. Pakiramdam ko nayanig yung kotse sa ginawa nya.

Nakatayo lang sya at nakatingin sa kung saan. Nakatalikod sya sakin at kita'ng kita ko ang makailang beses nya'ng pagsuklay sa buhok nya.

Nakagat ko nalang ang ibabang labi ko. Sobrang dilim sa labas at tanging ilaw lang ng kotse ang nagiging liwanag namin.

Napilitan ako'ng lumabas ng kotse. Bahagya ako'ng lumakad palapit sa kanya pero napahinto ako ng bahagya sya'ng lumingon sakin.

"**Keifer...**"

"**Why are you doing this to me?**" Tanung nya sakin.

Parang may kung anu'ng sumuntok sa puso ko ng makita ko yung mga mata nya. Nakakapang-lambot, at parang naging ibang tao sya.

"**...You're mine. Only mine. Everything about you is mine.**"

Tama na!

"**No... I'm not. Hindi ako gamit Kiefer. Hindi mo ko pagmamay-ari.**" Mahinahon kong sabi.

Kailangan ng ihinto to. Dapat tumigil na sya o kami.

"**Why? Because you like Yuri?**"

Tumigil kana! Tama na!

"**Oo. Kaya nga tinanggap ko yung alok nyang kasal.**" Diretsong sabi ko sa kanya.

Bahagya sya'ng lumapit sakin. Tinignan nya ko ng tuwid sa mga mata.

"**Liar.**"

Nagsalubong ang kilay ko sa sinabi nya.

"**...You can't lie----**"

"**I'm not.**" Singit ko.

"**-----to me.**"

"**Totoo yung sinasabi ko.**" Pagdidiin ko.

"**And yet you responded to my kiss that night.**" Mapait nya'ng sabi.

Don't open that topic! Ayoko ng maalala yun.

"**...You responded to my touch and you moan my name. Tapos sasabihin mo, gusto mo si Yuri? Eh ako? Ano ako sayo?**"

Hindi! Ayoko'ng pag-usapan yun! Pagkakamali lang yun.

"**...You almost give yourself to me! Sige nga! HOW COME THAT YURI IS THE ONE YOU LIKE?!**" Galit na dagdag nya.

Hindi ko na napigilan pang umiyak. Sunod sunod na bumagsak ang mga luha ko.

"**OO NA! HINDI AKO SIGURADO SA NARARAMDAMAN KO! PERO ALAM KONG IYON YUNG TAMA! SI YURI NA DAPAT! PAGKAKAMALI LANG NA MUNTIK NA KONG BUMIGAY SAYO!**" Galit na sabi ko.

"**You choose Yuri. Why?! Because of that FVCKING ENGAGEMENT?!**"

"HINDI!"

"THEN WHY?!"

Pinunasan ko muna yung mga luha ko at ilang beses din ako'ng naghabol ng hangin.

Sobrang bigat ng dibdib ko. Hindi ko alam na aabot pa kami sa ganito.

"**Kasi yun yung tama... Hindi ko kaya'ng isipin o makita na masasaktan ulit si Yuri sa pareho'ng dahilan.**" Napasandal nalang ako sa kotse sa panlalambot ng tuhod. "**...Kaya kahit hindi ako sigurado, tinanggap ko. Gusto kong maranasan nya'ng maging masaya.**"

"**So you chose to sacrifice your feelings?**" Mahinahon nya'ng tanung.

Hindi ako sumagot. Napaupo nalang ako sa sahig habang patuloy sa pagpunas ng luha ko.

"**Ha! Si Yuri na naman!**" Sabi nya dahilan para mapatingin ako sa kanya. "**...The 'oh so genius kid'. The good boy, the heir of Hanamitchi. Yuri who love and care by a lot of people**"

Bahagya sya'ng naglakad palayo at tumingin sa langit. Kita'ng kita ko yung frustration nya sa bawat kilos na ginagawa nya.

"**...Why is it about him again?! Lagi nalang ba?! Nung akala naming patay si Percy, sya ang unang inalala nila samin! Pero ako?! Anu?! NOTHING! Wala man lang nagtanong kung okay ako. Lahat nalang sa kanya! And now, even the woman that i love?!**" Galit na sigaw nya.

Hindi ko maintindihan yung sinasabi nya. May sama ba sya ng loob kay Yuri? Pinilit kong tumayo habang nakatingin sa kanya.

Pero lalu akong nanlambot ng makita kong umiiyak sya.

Keifer...

"**...Me! Who don't have a mother by my side, a father who will guide me and i'm taking care of my siblings for fvcking so long! Wala man lang nag-tanung kung okay ako!**"

Parang dinudurog yung puso ko. Hindi ko kaya'ng makita sya ng ganito. Iba'ng iba sya sa Keifer na nakilala ko.

Tama na... Nasasaktan ako!

"**...Pero sya na may galos, halos isugod nila sa ospital! Kulang nalang sambahin sya ng lahat.**" Dagdag nya pa.

Hindi ko na hinintay na mag-salita pa sya. Agad ako'ng lumapit at niyakap sya ng mahigpit. Kasabay din non ang pagbagsak na naman ng mga luha ko.

"**Tama na! Please...**" Paki-usap ko.

"**Wag naman pati ikaw! Jay-jay!**" Sabi nya at yumakap din ng mahigpit sakin. "**Please...**"

Mali to! Mali'ng mali! Pero hindi ko din pala kaya'ng itama. Lagi kong sinasabi na dapat tumigil na kami pero pano ko gagawin yun.

Pano....

Pano? Lalu na kung masasaktan kami pareho.

Ayokong magbitiw ng salita. Ayokong mangako. Dahil baka nga totoo yung sinabi nila Ci-N, promise are meant to be broken.

Pero sa sitwasyon namin ngayon....

"**Hindi... Hindi ako.**" Sabi ko at naramdaman ko ang paghinga nya ng malalim.

"**I can't lose you...**" Sabi nya.

Napapikit nalang ako. Wala na kong paki kung mali pa rin ba to. Handa ako'ng itama to sa kahit anu'ng paraan.

"**I love you so much Jay...**"

Kumapit ako ng mahigpit sa damit nya. Kakaiba sa pakiramdam kapag naririnig ko sa kanya yun pero mas kakaiba pala sa pakiramdam kapag nasabi ko'ng....

"**Mahal din kita Keifer.**"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Chapter 147

I love... Me?

Jay-jay's POV

Marami ako'ng kinatatakutan. Sobra'ng dami hindi ko na mabilang. Pero nagagawa ko'ng harapin yung mga yun.

Parang ngayon kaharap ko yung kinatatakutan ko.

Si Kuya Angelo...

"**Yuri said hinatid ka daw nya ng 5:38pm dito.**" Sabi nya habang naka-cross arm.

"**5:38pm ba yun? Parang mga 6 something na yun eh.**" Sabi ko, kuwaring patay malisya sa gusto nya'ng iparating.

Napataas ang isang kilay nya habang nakatingin sakin. Ako naman tong umiwas. Alangan namang makipag-sabayan ako ng titig sa kanya.

12am na ko nakauwi, medyo matagal pa kasi kaming nag-drama. Umiyak, nag-usap at....*you know*----nag-anu.... yung kissy kissy.

Hehehehehe...

Akala ko pag-uwi ko tulog na sila. Yun pala hinihintay ako ni Kuya Angelo. Hindi na ko nakapag-dahilan kasi pala tinawagan na nya si Yuri.

"**Saan ka galing?**" Mahinahon nyang tanung.

Signal #1!

"**D-dyan lang...**" Sagot ko.

"**Saan yung dyan lang?!**" Tumaas na yung tono ng boses nya.

Signal #2!

Saan nga ba yung 'dyan lang'? Wala naman ako'ng alam na lugar na bukas ng ganito'ng oras. Except dun sa mini mart na binibilan ko.

"**Sa may Mini Mart.**"

Huminga ng malalim si Kuya at napahawak sa sintido nya.

"**Galing dun si Aries... Bakit hindi kayo nagkita?!**"

Signal #3!

Patay! Nagpupunta pala ng Mini Mart ang isang yun? At ngayon pa talaga nya naisipan. *Wew!*

"**Tinaguan ko sya.**" Mabilis kong sagot.

Wow! Ganda ng dahilan mo Jay.

Agad akong tinignan ng masama ni Kuya. Alam ko naman na kuha nya'ng nagsisinungaling ako. Pero anung malay, baka makalusot.

"**Mahirap bang sabihin kung saan ka galing?!**" Galit na tanung nya.

Signal #4!

Ayan na ang delubyo! Yari ako nito.

"**...Tignan mo nga yung oras?! Uwi ba ng matinong babae yan?!**"

Nakayuko lang ako habang kinakagalitan nya. Alam ko naman yun pero kasalanan kasi talaga nung Hari ng mga Ulupong.

Yung pwede ko lang sana sabihin sa kanya yun. Pero syempre....hindi. Baka maging katapusan ko na kapag nalaman nya yung nangyari kanina.

"**Angelo...**" Tawag ng kung sino.

Sabay pa kaming napalingon. Si Tita Gema at naglalakad palapit

samin.

"**...Gabi na. Bukas ka nalang manermon. May pasok pa yan.**" Utos nya.

"**Maya-maya Ma. Kailangan lang kami'ng magkalinawan nito.**" Sabi ni Kuya sabay tingin sakin ng masama.

"**Bukas na nga...**" Pagpipilit ni Tita. Tinignan nya ko at sinenyasan na lumapit sa kanya. "**...Tara na. Yaan mo na yang si Kuya mo.**"

Agad naman akong lumapit kay Tita. Hindi ko na tinignan si Kuya dahil alam kong tutunawin lang ako ng titig nya.

Hinatid ako ni Tita hanggang sa harap ng kwarto ko.

"**Matulog na... Bukas nalang tayo mag-usap-usap.**" Sabi nya sakin at naglakad na paalis.

Dahan-dahan kong binuksan yung pinto ng kwarto, alam ko kasing tulog na si Ci-N. Hindi naman ako nagkamali dahil ang lakas ng hilik nya.

Pagpasok ko sa loob bigla nalang tumunog yung phone ko.

King Ulupong Calling...

Sinagot ko yun pagsara ko ng pinto.

"**Hello...**"

["*Kinagalitan ka?*"]

"**Hmmm... Oo pero bukas nalang daw kami mag-usap.**"

["*Sasabihin na ba natin?*"]

Taka ako'ng napatingin sa cellphone bago idikit ulit sa tenga ko.

"**Sasabihin ang alin?**"

["*Na buntis kana, at tayong dalawa ang magpapasakal.*"] Sabi nya at bigla nalang tumawa sa kabilang linya.

Ang lakas talaga ng tama nya sa utak!

"**Umayos ka nga!**" Sigaw ko.

Agad kong tinakpan yung bibig ko. Nawala sa isip ko na natutulog na pala si Ci-N.

"**...parang sira. Matulog ka na nga.**"

["*Hindi pa ko pwedeng matulog. I have many things to do.*"]

"**Anu naman yun?**"

["*Secret... I have to go. Wag kang mag-wet dream tungkol sakin.*"]

Tang'na! Gago talaga ang wala'ng hiya'ng to!

"**Ang kapal mo!**" Sigaw ko na naman.

Wala na ko'ng paki kung magising si Ci-N. Binubwisit kasi talaga ko ng isang to!

Malakas na tawa lang naman ang sinasagot nya sakin. Para'ng mali pa ata na umamin ako sa kanya.

["*Sige... Good night my life. I love you to infinity and beyond.*"]

Bigla nalang ako'ng nanigas dahil sa sinabi nya. Nakagat ko nalang ang ibabang labi ko.

Kinikilig ba ko?! Kingina!

"**Good night din and i love....**" Napatigil ako ng makita kong naka-dilat si Ci at nakatingin sakin. "**...Me.**"

Agad kong pinatay yung tawag ng hindi na hinihintay yung sasabihin nung Hari. Binaba ko yung phone sa kama at patay malisyang dumiretso sa cabinet ko para kumuha ng pamalet.

"**Sige deadma-hin mo ko.**" Sabi ni Ci-N sakin.

"**G-gising ka pala?**"

"Ay hindi... Tulog ako. Natutulog ako'ng nakadilat eh." Pamimilosopo nya.

Tinignan ko lang sya ng masama. Luko'ng to! Nagawa pa'ng mamilosopo.

"Sino yun?" Tanung nya.

Agad akong tumingin sa apat na sulok ng kwarto at umarte'ng may hinahanap.

"Ang alin? Saan? May nakikita kaba?" Sabi ko habang patuloy sa paghahanap.

Alam ko naman kung sino'ng tinutukoy nya. Baka lang sakaling makalusot. Ayokong sabihin at alam kong hindi pa natatapos na gabi na to kalat na sa buong bayan yung malalaman nya.

"Ituloy mo yan... Pagkakalat kong may boyfriend kana." Banta nya.

Hindi ko boyfriend yun!

"Pagkalat mo..." Mayabang kong sabi.

"Sino kasi yun?" Pangungulit nya.

"Wala nga... Wala lang yun."

Bigla nalang sya'ng tumayo at akmang kukuhanin yung phone ko sa kama. Agad ako'ng nagtatakbo at muntik pa kong madapa maunahan lang sya.

"Bakit ayaw mong ipakita?!" Inis na sabi nya.

"Bakit ba?! Matulog kana nga!" Sigaw ko.

"Sabihin mo na----"

"KUNG AYAW NYONG MATULOG MAGPATULOG KAYO!" Sigaw ng kung sino.

Malamang si Aries yun, dahil kwarto nya yung pinaka-malapit

sakin.

Napilitan kami'ng magsenyasan nitong si Ci-N. Pinandidilatan ko sya ng mata at ganun din sya sakin.

Goodluck nalang kung anu'ng oras kami matapos dito.

+ +

Keifer's POV

I love me?

Hirap ba sya'ng magsabi ng '*I love You*' at yun ang nasabi nya?

Anyways, it doesn't matter. I heard her saying it once at wala ng bawian yun. She's officially mine.

Pero hindi yun ang inaalala ko. Other important things.

"**Asan si Keiren?!**" I ask everybody.

Bukas lahat ng ilaw sa bahay. Gising pa ang mga maid at butler namin. Alam kong may nangyari'ng hindi maganda.

"**Kuya...**" Tawag sakin ni Keigan.

Nakatago si Keiren sa likod nya. He suddenly run toward me and hug me tightly. Umiiyak sya.

"**It's okay... Kuya is here.**" I said hugging him back.

"**Saan ka ba nagpunta? Alam mong umuwi na ng pinas si Dad pero pinili mo pa ring umalis ng bahay.**" Keigan said.

Hindi ko sya sinagot. I look at everybody, they look exhausted.

"**Everybody can go to sleep now. Thank you so much for protecting my brother.**" I said to them.

They all bowed at me and walk away. One of the butler stop in front of me.

"Nagpadagdag na rin po kami ng security for your brother." Sabi nya.

I smile and nod to him. Hinayaan ko na sila'ng makaalis lahat. Naiwan kami'ng tatlo. Keigan looking furious at me.

"What happen?" I ask calmly.

"Dad went here! Kinukuha nya si Keiren! Buti nalang at marami kami dito!" He said.

Tinignan ko si Keiren na patuloy sa pag-iyak.

"Ayoko'ng sumama sa kanya."

I shook my head. **"No... Hindi ka nya makukuha. Hanga't nandito kami ni Kuya Keigan mo."**

I carry him and walk upstairs. Nakasunod naman samin si Keigan.

Damn it!

Hindi ko alam na babalik na sila agad. Nagpadagdag na sana ako ng security kung alam ko lang.

Pare-pareho kami'ng minor dito sa bahay. Nasa batas pa rin na kailangan nasa puder ng magulang or kamag-anak ang bata.

Si Keiren talaga ang inuna nya dahil sya ang pinaka-bata saming tatlo. Pero hindi ako papayag.

Dumiretso ako sa kwarto ni Keiren at inihiga sya sa kama nya. Nakatulog na sya sa mga braso ko.

Paglabas ng kwarto si Keigan agad ang hinarap ko.

"Did he said anything?" I ask.

"Nothing. What are your plans now?"

"Malapit na kong mag-18... I almost have your and Keiren's legal rights." I said and walk.

Keigan follows me immediately.

"So, hihintayin lang natin yang birthday mo? Ganun ba? Kuya! Baka nakuha na nila si Keiren kapag dumating yang araw na yan!" He said angrily.

Stop walking and look at him straight in the eye.

"No... It will never happen." Seryoso ko'ng sagot sa kanya.

"Sana nga matupad mo yang sinasabi mo."

Naiintindihan ko si Keigan. Sino nama'ng Kuya ang papayag na mapunta ang kapatid nya na masamang kamay.

Mabilis ako'ng naglakad papunta sa office na katabi lang ng kwarto ko. Kinuha ko lahat ng papers na kailangan ko. Including copy of ny Mom's last will and testament.

Kailangan kong pag-aralan ang bawat nakalagay dito at katapat na batas nito. I need to fight back ligally.

Hindi pwedeng mapunta si Keiren sa kanya. Tapos ano? Gagawin din nila yung ginawa nila kay Keigan? And yet until now, wala pa rin ako'ng alam sa ginawa nila sa kanya.

I also get my phone and call my lawyer.

"Good evening Mr. Ryder, sorry for disturbing you. I just need to talk to you about something.... About my legal rights."

I'll surely become busy for this week. Mawawalan ako ng time sa school at sa maraming bagay. I just hope na walang mangyari'ng hindi maganda habang wala ako.

Wala pa man din pero naiisip ko na si Jay-jay. Sana lang mabantayan sya ng maayos ng buong section e.

Her words keep running in my mind. I can't help but smile.

I love me...

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Chapter 148

How

Jay-jay's POV

"**Yaaawwwwwnnnnn....**" Hikab ni Ci-N habang naglalakad. "**...inaantok pa ko.**"

"**Ako din... Kasalanan mo to! Ang kulit-kulit mo kasi.**" Inis na sabi ko sa kanya.

"**Kung sinabi mo na sana agad sakin kung sino yung ka-'*I love you*'-han mo, edi nakatulog na sana tayo pareho.**"

Tinignan ko agad sya ng masama. Ang ingay kasi ng bunganga nya. Kagabi pa kami ganyan, hindi ko alam kung anu oras na kami natulog.

"**Wag ka nga maingay! Kainis to! Kaya ayokong sabihin sayo eh!**"

Inirapan naman nya ko. "**Isumbong kita kay Keifer dyan.**"

Hahahaha... Aydi sumbong mo!

Tumuloy na kami sa paglalakad. Pagdating sa school, bumungad agad samin yung malaking taurpulin sa harap ng main building.

Schedule yun ng mga event sa school. Malapit na pala ang valentines day.
Pero bago yun, gaganapin muna yung retreat namin. Bakit sobra'ng aga ata?

"**Pffttt... Aga ng retreat. Baduy!**" Komento ni Ci at nagtuloy na sa paglalakad.

Sumunod naman ako sa kanya at nakasabay pa namin si Calix na muka'ng kakahatid lang kay Mica sa room nila.

"**Anyare sa mga mata nyo?**" Tanung nya samin.

Agad naman akong tinuro nito'ng bata'ng kumag. "**Kasalanan nya!**"

"**Anu'ng ako?! Kakahiya naman sa kakulitan mo!**"

"**Ikaw kaya!**"

"**Ikaw!**"

"**Ooy! Talaga'ng dito pa kayo mag-aaway?**" Sita samin ni Calix kaya tumigil kami. "**...para kayong ewan.**"

Nagtinginan kami ni Ci at nagsenyasan na naman kami. Maka-ilang ulit ko din sya'ng pinandilatan ng mata.

Nauulit na naman yung ginagawa namin kagabi. Nakarating kami sa room, pero bago pa man din ako maka-hakbang papasok huminto na ko sa paglalakad.

"**Bakit?**" Tanung nila sakin.

Umiling lang ako. "**Mauna na kayo... Meron lang ako titignan.**"

Nag-nod lang silang pareho sakin at pumasok na. Ang totoo, hindi pa ko handa'ng makita si Yuri. Nahihiya ako sa kanya.

Sobrang nahihiya...

Hindi ko alam kung dapat ko na bang sabihin sa kanya yung totoo o anu. Ayoko sya'ng saktan pero ayoko din naman sya'ng paasahin pa.

Pero pananakit na rin kung hindi ko sasabihin sa kanya at paaasin ko sya sa wala. Siguro mas mabuti'ng sabihin ko na sa kanya yung totoo. Pero hindi ko nga lang alam kung pano.

Pag-iisipan ko muna siguro lahat. Ayoko sya'ng biglain. Alam ko namang iisa lang yung resulta nung gagawin ko.

Masasaktan pa rin sya.

Pumasok na ko sa loob. Kagaya ng karaniwang sernayo. Nagkakagulo sila, nagkakasatan, nagkukulitan, asaran, deadma-han

at kung anu-anu pa.

Naka-upo na si Yuri sa pwesto nya. Ngumiti agad sya sakin ng makita nya ko. Ganun din ang ginawa ko sa kanya.

"**Bakit tumawag sakin si Angelo kagabi?**" Bungad nya sakin.

"**H-ha? A-anu yun... K-kasi...**" Alanganin kong sagot. Halata naman ang paghihintay nya sa sagot ko. "**...h-hindi kasi nya ko nakita agad. Akala nya magkasama pa rin tayo.**"

Nag-nod lang naman sya bilang pagtanggap sa sagot ko. *Wew!*

Panu ko kaya sasabihin?

Napatingin ako sa upuan nung Hari. As usual, wala pa sya. Malamang mamaya pa yun, sya pa! Daig mga staff ng school sa oras ng pasok nya.

Mas maaga pa nga yung mga staff at teacher eh. Pero hindi ko naman sya masisi, siguro kasi inaasikaso nya pa sila Keigan at Keiren bago sya pumasok.

Ang hindi ko lang maintindihan. Kung panu nya napalayas ang Papa nya sa bahay nila. Ang weird lang, dun lang ako naka-kita or naka-rinig ng anak na pinalayas ang Ama.

Panu kaya yun?

Naalala ko din yung mga sinabi nya tungkol kay Yuri. Napatingin tuloy ako sa kanya. Nagbabasa sya ng notes at nagma-mark down ng mahahalaga'ng details sa lesson.

Nagseselos ba sya o naiingit kay Yuri? Kung sabagay naman kasi, buo ang pamilya ni Yuri compare sa kanya. Naiingit din sya kasi walang umaalala sa kanya pero naiintindihan ko naman kung bakit.

Ang tibay nya kasi tignan, madalas ang inaalala ng tao yung mga mahihina tignan o kaya yung laging nanga-ngailangan ng tulong.

Kaya akala siguro ng marami hindi sya kailangang alalahanin. At yun din ang pumasok sa isip ko.

Haaay...

Ang Hari ng mga Ulupong may soft spot din pala.

Dumating na si Sir Alvin. Magsisimula na yung klase. Tumingin ako sa pinto kasi alam kong dadarating na yung kumag.

Ewan ko kung gano na ko katagal na nakatingin dun. Pero ni-anino nya hindi ko makita.

Asan na yun?

"**Hindi sya papasok.**" Biglang sabi ni Yuri.

Taka ako'ng napatingin sa kanya. "**Ha?**"

"**Hindi papasok si Keifer kung sya yung hinihintay mo. Umuwi na yung Papa nya at malaking problema na naman yung kinakaharap nya.**" Paliwanag nya.

Umuwi na? Kelan pa? Wala naman sya'ng sinabi sakin kagabi. *Teka nga!*

"**A-anu nama'ng paki ko dun... Tsaka hindi naman si Keifer ang hinihintay ko.**" Pagkaka-ila ko.

Baka kasi mahalata nya ko. Hindi pa ko handa na sabihin sa kanya. Hindi ko pa nga napag-iisipan yung mga tama'ng salita na dapat kong gamitin.

Pero bakit hindi papasok yung kumag? Hindi ko tuloy maiwasan na hindi mag-alala. *Badtrip naman!*

Natapos ang klase namin kay Sir Alvin at mukang hindi nga sya papasok. Hindi rin sya nagt-text sakin o ano. Kahit sa mga sumunod naming subject wala pa rin.

Sinubukan ko sya'ng itext kayalang wala ako'ng nakuha'ng sagot galing sa kanya.

"**Ang tahimik mo yata...**" Puna sakin nila Eren.

"**Ha?**"

"**Lutang pa.**" Dagdag ni Felix kaya tinignan ko sya ng masama.

"**Baka nam-miss lang nyan si Keifer.**" Pang-aasar ni Drew sakin at sinundan ng malakas na hiyaw galing sa kanila.

Bahagya akong napatingin kay Yuri na nakatingin lang sa notes nya. Alam kong nakikinig sya.

"**Baka hindi si Keifer ang nam-miss nya.**" Singit ni Ci-N. "**...Baka yung ka----**"

"**HEH! ITIKOM MO YANG BIBIG MO!**" Putol ko sa sasabihin nya.

Lahat tuloy sila napatingin sakin dahil sa sigaw ko. Bigla nalang tumingin ng nakaka-luko si Ci-N sakin.

"**Bakit defensive ka?**" Mapang-asar na tanung nya.

"**Ewan ko sayo!**"

"**Naku! Ayaw pa sabihin----**"

"**Ci!**" Sita ko sa kanya.

Nag-uumpisa na kong mainis sa ginagawa nya. Binubuking nya ko sa buong klase. Masama pa nito, andito rin si Yuri. Kapag nalaman nya yun, katapusan na.

Bigla nalang may nag-meow sa banda'ng pinto. Awtomatiko'ng umikot si Ci-N para tignan yun.

Si Edy!

Mabilis pa kay Sonic na tumakbo tong Bata'ng kumag palapit sa pusa pero nakalayo na agad.

"**Papatayin kita Edy!**" Sigaw nya.

Hindi pa rin sya nakaka-move on.

"**Hindi sabi Edy ang pangalan nya!**" Sigaw ni Josh habang

sumusunod kay Ci at dun sa pusa.

Hala! Sige! Maghabulan kayo ng dahil sa pusa. Naalala ko tuloy si Cecilio Susuman. *Meron akong pusa!*

"**Anu ba yung sinasabi ni Ci-N?**" Tanung ni Felix.

"**Wala yun... Nag-aasaran kasi kami sa bahay.**"

"**Kamusta pala si Ci-N sa inyo?**" Tanung ni Eren.

"**Ayos lang... Makalat lang.**"

"**Tabi kayo'ng matulog?**" Tanung ni Drew.

Sa hindi ko maintindihan na dahilan. Bigla nalang bumigat yung pakiramdam ko at may kung anu'ng kakaibang awra ako'ng nararamdaman.

Kahit hindi sya nagsasalita at kuwaring busy sa notes nya. Alam kong si Yuri. Pareho'ng pareho sila ni Keifer.

"**H-hindi... May sariling higaan yun sa sahig.**" Mabilis kong sagot at nawala naman yung kakaibang feeling.

"**Pero nakikita ka nya'ng nakahubad?**" Tanung na naman ni Drew.

Malakas na batok ang binigay sa kanya ni Felix. "**Gago ka magtanung.**"

"**Ang sakit nun!**" Reklamo ni Drew.

Kung ako lang nasa tabi nya, hindi lang batok ang ibibigay ko sa kanya. Baka suntukin ko pa sya.

Dumating na yung sunod na teacher namin kaya bumalik na sila sa mga upuan nila. Sakto naman ding kababalik ni Josh, bitbit si Ci-N sa kwelyo sa batok.

Tuluyan na talaga'ng hindi pumasok yung Hari. Hindi rin sya sumasagot sa mga text ko.

Tsk! Asar!

Hangang sa mag-uwian yun lang yung nasa isip ko. Wala na kong naintindihan sa mga tinuro samin----na hindi na bago sakin----sa kakaisip sa kanya.

Hindi rin ako nakapag-hapunan ng maayos. Pinaglaruan ko lang sa plato ko yung pagkain.

"**Anu'ng problema Jay?**" Tanung sakin ni Ci-N pagbalik namin sa kwarto.

Umiling agad ako. "**Wala lang to.**"

"**Sigurado ka? Nakaka-panibago ka kasi.**" Sabi nya.

"**Wag mo kong pansinin.**" Sagot ko sa kanya.

Agad kong kinuha yung phone ko. At naglakad palabas ng kwarto. Sinubukan ko sya'ng tawagan pero wala'ng sumasagot.

Anu nang nangyari sayo?

Naiyak nalang ako sa hindi ko maintindihan na dahilan. Naghahalo yung inis at pag-aalala ko sa kanya.

Panu kung may ginawa na pala sa kanya yung Papa nya na hindi ko alam. O kaya naman nagkakagulo na sila sa kanila.

Kainis! Nakikisali pa yung imagination ko.

"**Okay ka lang ba Jay?**" Tanung ni Kuya.

Sakto naman ang paglabas ni Aries ng kwarto kaya napatingin din sya sakin. Agad kong pinunasan ang luha ko.

"**W-wala... Napuwing lang.**"

Nagtinginan pa si Kuya at Aries na parang ayaw tanggapin yung dahilan ko.

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nila. Bumalik ako sa kwarto at agad na dumiretso sa c.r. Naglinis na ko ng katawan at nagpalit ng

damit.

Ayoko ng mag-isip ng kung anu. Matutulog na ko. Buti nalang at marunong makisama ang katawan ko.

Dala na rin siguro ng pagod, kusa na kong nakatulog. Sa kalagitnaan ng pagpapahinga at ng maganda kong panaginip tungkol sa ice cream island. Isang tawag ang gumising sakin.

King Ulupong Calling...

AYOKONG SAGUTIN! Pero napindot ko yung greenbutton. *Badtrip!*

"Ba----"

["*I miss you...*"] Bungad nya sakin.

Hala sya!

Tinignan ko si Ci-N na kasalukuya'ng naghihilik. Baka marinig na naman ako.

"Anu'ng nangyari sayo? Bakit ngayon ka lang tumawag?" Tanung ko sa kanya.

Bakit pa ko magpapaligoy-ligoy? Gusto ko ng malaman kung okay sya.

["*Long story... Ikaw? Kamusta ka? Duma-moves ba si Yuri habang wala ako?*"]

"Sira-ulo ka... Nag-aalala ako sayo. Tapos yan pa rin inaalala mo."

Bahagya syang tumawa. **["*I didn't mean that. Marami lang talaga kong inasikaso, at hindi ko rin alam kung kelan ako makakapasok.*"]**

"Anu ba yung ginagawa mo?"

["*Family problem.*"]

"Kahit text hindi mo magawa'ng magpadala?"

Bigla nalang tumahimik sa kabilang linya. Akala ko namatay na yung tawag kaya tinignan ko pa yung phone ko pero meron pa.

"Huy... Anyare sayo?"

["*Ang cute mo pala kapag ganyan ka.*"]

Anu daw?

"Ha?"

["*Kapag nagtatampo ka. How i wish i can see your face right now.*"]

"Sendan kita picture?" Alok ko habang natatawa.

Nawala bigla yung inis ko sa kanya. Busit yan! Hindi na napanindigan.

["*Sure... Nude photo please.*"]

Ay ulowl!

"Kung patayin ko kaya tong tawag na to at wag ka ng kausapin habang buhay." Inis na sabi ko.

Kung wala lang ako'ng kasama nayon sa kwarto, pinagsisigawan ko na sya.

["*Hahahaha... I'm just kidding. Pero seriously, anu'ng suot mo ngayon?*"]

Bahagya kong tinignan yung suot ko. Buti nalang may kaunti'ng liwanag sa Kwarto ko galing sa lamp sa tabi ni Ci.

"Superman tshirt, bakit?"

["*Aahh... Ako kasi boxer lang suot ko. I'm wearing my favorite reindeer boxer.*"] Pagyayabang nya.

Kainis! Pinaalala pa yun. Binibigyan ako ng ideya ng mokong na to!

"Ewan ko sayo... Matutulog na nga ako."

["*Okay... Good night my life. I hope you'll have a very sweet dreams. I love you to infinity and beyond.*"]

Kung pwede lang tumili ng malakas. *Kingina! Kingina! Aaaaggghhhh!!....*

"**Good night and sweet dreams din. I love...**" Napatingin ako kay Ci. Nakadilat na sya at nakatingin na naman sakin. "**...Me.**"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Chapter 149

Father

Jay-jay's POV

Yung ang ganda ng gising ko sa hindi ko maintidihan na dahilan. Mapapakanta nalang...

"***🎶Good morning sa inyo...🎶***" Kanta ko habang naliligo.

Eh kese nge... Enebe.

Yack! Hindi bagay sakin. Bakit ba ko biglang naging pabebe? Hayop yan!

Paglabas ng banyo, bumungad sakin ang seryoso'ng muka ni Ci-N habang naka-harap sa phone nya.

Nauna kasi sya'ng maligo sakin. Kaya ngayon nakagayak na sya. At ako naman tong magkukumahog sa pag-aayos.

"**Magpa-tanghali na tayo.**" Sabi nya na ipinagtaka ko.

"**Ha? B-bakit naman?**"

"**Delikado.**" Yun lang sinagot nya at muling nagpipindot sa phone nya.

Weird.

Kinuha ko din yung phone ko. Nagbabaka-sakali na meron akong message. Pero wala ako'ng natanggap kahit isa.

Wala ni-isa galing sa mga Ulupong. Wala ni-isa galing kay Yuri. Wala rin ni-isa galing sa Hari.

Anu'ng meron? Dati may text ako, bumabati ng good morning. Pero ngayon, wala kahit isa.

Binaba ko nalang yung phone ko at nag-ayos.

"**Anung oras tayo papasok?**" Tanung ko kay Ci.

Hindi sya sumagot kaya lalakad na sana ako palapit sa kanya pero bigla nalang may kumatok sa pinto at pumasok yung isa sa maid nila Tita.

"**Miss Jay... Baba na daw po kayo. May gusto daw po'ng kumausap sa inyo.**"

Nagkatinginan kami ni Ci-N. Hawak pa rin nya yung cellphone nya.

"**Sino daw po?**" Tanung ko.

"**Ayaw po ipasabi. Basta po sabi ni Sir Angelo, tawagin ko na daw po kayo.**"

Nag-nod nalang ako sa maid. Kahit nagtataka kinuha na namin ni Ci yung mga bag namin at lumabas. Dumiretso kami sa sala sa pag-aakala'ng andun sila pero wala.

Asan yung mga yun?

Sakto namang dating si Aries. Nakatingin sya samin at parang may hinahanap.

"**Asan sila Mama?**" Tanung nya sakin.

Umiling ako. "**Hinahanap ko din sila.**"

Agad na naglakad si Aries papunta sa kusina pero bumalik din sya agad. Mukang wala din sila dun.

"**Jay... May tao ata sa labas nyo.**" Sabi ni Ci habang nakaturo sa gate.

Unang lumabas si Aries at sumunod naman kami. Mukang tama nga si Ci, at andito din sila Kuya Angelo at Tita Gema.

Puro kotse'ng itim na sinamahan pa ng mga lalaking naka-black suite. Naka-shades at may kung anu'ng nakapasak sa isang tenga.

NBI?

"**Tita...**" Tawag ko kay Tita Gema.

Tinignan nya ko at agad na tinago sa likoran nya. Anu'ng meron? Kahit si Aries nagtataka din.

"**Kayo po ba si Ms. Jasper Jean Mariano, Ci-N Peralta at Michael Aries Fernandez?**" Tanung nung isang lalaki'ng naka-itim na may hawak na papel.

Nagtinginan kami ni Ci-N, pasimple syang sumenyas ng '*wag*' sakin. Naiintindihan ko naman dahil hindi naman namin sila kaki----

"**Oo! Kami nga! Bakit?!**" Sagot ni Aries.

Ampvta!

Wala talaga'ng isip minsan tong si Aries. Nalusaw na yata ng pagmamahal nya kay Ella.

"**Pinapatawag po kayo ng Watson Family.**" Sabi nung lalaki.

Bigla nalang binuksan nung isang lalaki yung pinto nung kotseng itim. Nanlaki yung mata ni Aries na makita si Ella sa loob nung kotse.

"**Aries!**" Tawag ni Ella na halata ang takot.

Bababa na sana ng kotse si Ella pero hinarangan sya ng isang lalaki. Napatingin ako dun sa ibang kotse. Bumaba ang salamin na bintana nun at sumilip ang tao sa loob.

Si Eman, Denzel at Felix.

Pati yung ibang kotse may sakay din at malakas ang kutob kong andun yung ibang Ulupong.

"**Anung kailangan ng Watson Family sa kanila?**" Tanung ni Kuya Angelo.

Watson Family?

Sila Keifer yun... Pero bakit?

"Mahigpit po ang bilin samin na wag ng magbigay ng impormasyon."

"Pano kami nakaka-siguro na wala kayo'ng gagawin sa kanila?" Matapang na tanung ni Tita.

"Kilalang tao po ang mga Watson, ang pangit na balita karugtong ng pangalan nila ay hindi katanggap-tanggap."

Bakit pakiramdam ko napaka-taas na tao nila Keifer?

Tinignan ako ni Tita. Bago pa man makapagsalita si Kuya sa amin. Naglakad na papalapit sa kotse si Aries at agad na tumabi kay Ella.

"Magiging okay din po kami Tita." Sabi ko at ngumiti sa kanya.

Hinayaan kami nila Kuya na maglakad palapit sa kotse. Sumakay na rin kami ni Ci-N.

Hindi maalis yung takot ko at mga karagdagang tanong tungkol kay Keifer.

Magkakasama kami nila Aries sa kotse. Nakasunod samin yung ibang sasakyan. Tahimik lang kami at panay ang palitan namin ni Ci-N ng tingin.

Anu bang meron?

Nakatingin ako sa bintana. Pamilyar pa sakin yung mga nadadaanan namin pero pagtagal-tagal parang napupunta na kami sa malayo'ng lugar.

Pakiramdam ko nasa labas na kami ng syodad.

"S-saan kaya tayo pupunta?" Sabi ni Ella.

Yan din ang tanung ko. Sa unang pagkakataon nagkasundo kami sa isang bagay.

"Sa tunay na bahay nila Keifer." Seryoso'ng sabi ni Aries.

Tunay na bahay?

Bakit? Peke ba yung tinitiran nila Keifer ngayon? Anu yan, brand lang ng damit? May peke at tunay.

Panu naman nya nasabi na dun kami pupunta at panu naman nalaman ng kumag na to yung bahay nila Keifer? Sabagay, tropa-tropa sila dati. Baka nakarating na sya dun.

Hindi ko alam kung gano na katagal ang byahe namin. Panay ang palitan namin ng text ng mga luko. Tama nga ako at mga nasa kasunod na sasakyan lang namin sila.

"**Two hours na tayo'ng bumabyahe.**" Sabi ni Ci-N sabay tingin sa relo nya.

Asang lumalop naba kami ng earth? Naiihi na ko sa totoo lang.

Mukang dininig naman ang dalangin ko. Unti-unti'ng bumagal ang takbo. Lumiko sa isang kanto na puro puno ang gilid ng daan. Sobrang lilim at ang daming nagkalat na dahon.

"**Eto na yun...**" Bulong ni Aries.

Anu'ng eto na?

Bigla nalang dumamba sa bintana si Ci-N. Muntik pa sya'ng masubsob sakin.

"**Mas malaki pala sa personal!**" Manghang sabi nya.

Malaki sa personal?

Tinignan ko din yung tinitignan nya. May bahay na malaki nga, malayo pa kami pero kita'ng kita na yung kalakihan.

Nakatago sya sa likod ng burol, kaya pala hindi ko nakita kanina. Pero pagliko sa kanto pinasukan namin, unti-unti ng masisilip yung isang bahagi ng bahay.

"**Nakita ko na to sa picture dati! Ang ganda nga talaga ng mansyon nila Keifer!**" Dagdag na si Ci-N.

Gusto ko rin sana'ng mamangha. Pero nakakaramdam ako ng panliliit. Sobrang yaman pala nila Keifer.

Paligid palang ng bahay. Napalilibutan ng mga puno at sobrang lawak. Hindi ko makita yung mismong boundery.

Mas lalo kami'ng napapalapit, mas lalong lumalaki yung bahay. Isang tunnel ang tumapos sa view na tinitignan ko.

Nawala sa paningin namin yung bahay. Huminto yung kotse sa tapat ng isang MALAKI'NG GATE!

HUTANG'NA! Napakataas ng gate na to. Parang hindi tao yung nakatira o nasasakupan nito.

Kapre!---Hindi! Higanti!

Pagbukas ng gate, umandar na ulit ang kotse. Matatayog na puno at halaman ang nasa gilid ng daan. Para bang merong tinatago sa lugar na to sa dami ng halaman.

Pero unti-unti'ng nawala yun. Lumabas ang tinatago nito.

Palasyo!

Sobrang laki ng bahay. Mukang nasa third floor lang ang bahay pero ang dami'ng bahagi nito.

Dragon nalang at tore ang kulang, pwede ng tawaging palasyo to.

Pag-hinto ng kotse, walang gustong bumaba. Nagpapalitan kami ng tingin pare-pareho.

"**Andito na po tayo...**" Sabi nung driver samin.

Wala pa ring gumagalaw, hangang sa matanaw ko sila Calix at iba pa na naglalakad palapit dun sa lalaki. Nakatayo sya malapit sa pinaradahan ng mga kotse.

Napilitan kami'ng lumabas at maglakad kasunod nila. Nagkumpulan kami at parang ewan na nagbulungan.

"**Anu bang meron?**" Tanung ko.

"**Ewan ba... Nakita nyo ba si Keifer?**" Balik na tanung sakin ni Edrix.

Umiling lang ako. Niligid ko yung mata ko. *Putspa!* Ang lawak talaga ng lugar at may natatanaw ako'ng dagat mula sa pwesto namin.

Yayamanin!

May ilang sandali pa kami'ng nakatayo don ng biglang bumukas yung MALAKI'NG PINTO! It's official, hindi talaga tao nakatira dito. Pati pinto malaki. *Hayop!*

Unti-unti'ng lumabas ang isang....*gwapo!* Ang gwapong lalaki, artista ba to? Muka sya'ng nasa 40's o mas bata pa. At ang laki ng pagkakahawig nya kay----

"**Daddy ni Keifer.**" Sabi ni Ci-N.

Nagpabalik-balik ang tingin ko sa kanya at dun sa sinasabi nila'ng Daddy ni Keifer.

Hindi nga?!

Hindi naman sa sinasabi kong pangit si Keifer, kayalang kasi. Alam mo yung... May something kasi... Yung anu... *Haizt!* Oo na nga! Sobrang gwapo at bata nya tignan para maging isang ama.

Crush ko na ata sya!

Lumapit samin si Da----este, Daddy ni Keifer. Nakangiti pa sya samin at aaminin ko ang lakas ng dating nya.

"**Good morning...**" Bati nya samin. "**...are we all complete?**"

Napatingin ako sa mga kasama ko. Speaking of complete, wala si Yuri at Keifer dito.

Lumapit yung isang naka-black suite sa kanya at bumulong. Meron sila'ng pinag-usapan sandali.

"**Anu bang ginagawa natin dito?**" Tanung ko kay Ci-N.

"**Hindi ko nga alam eh... Ang totoo, nagtext sakin si Keifer. Bilin nya na wag daw muna kita'ng papalabasin at muka'ng eto yung dahilan.**" Paliwanag nya sakin.

Kaya pala sabi nya magpatanghali na daw kami.

"**Mr. Watson...**" Tawag ni Aries.

Lahat kami napatingin sa kanya. *Close sila?*

"**...can you tell what do you need from us?**"

Yun! Sa wakas! May nagtanung din. Mapapakinabangan din naman pala tong horoscope na to.

Bahagya'ng tumawa yung Daddy ni Keifer. "**Wala kang pinagbago, mainipin ka pa rin.**" Tumingin sya saming lahat. "**...I just want to have a lunch date with my son's friends.**"

Yung bigla nalang ako'ng kinilig. Kasi naman, dumaan yung tingin nya sakin nung sinabi nya'ng '*lunch date*'.

Inaaya ba nya kong mag-date?

Bago man may magsalita samin. Malakas na ugong ng sasakyan ang narinig namin. Para bang nakikipag-karera.

"**He's here.**" Sabi nung Daddy ni Keifer at bigla nalang sya'ng pumwesto sa gitna.

AS IN GITNA! Kung saan pwedeng dumaan yung kotse. Palapit na yung kotse, hindi lang isa. Dalawa sila at pamilyar sakin.

Kotse ni Yuri yung isa pero yung isa....*si Keifer.* Para silang nagkakarera sa bilis nilang magpatakbo.

Lumiko na yung kotse ni Yuri para maghanap ng paparadahan pero yung kotse ni Keifer nagtuloy-tuloy at----*jusme!*

Sasagasaan nya ba tatay nya?!

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Chapter 150

Escape plan

Jay-jay's POV

Dangkal!

Dangkal nalang ang pagitan ng kotse ni Keifer at ng Daddy nya. Akala ko sasagasaan nya talaga pero pumreno sya bigla.

Huminto yung pagtibok ng puso ko don. Muntik na ring humiwalay ang kaluluwa ko sakin. *Pakshit yan!*

Bumaba si Keifer ng kotse nya at agad na tinignan ng masama ang Daddy nya.

"You're blocking my drive way!" Sabi ni Keifer.

Hindi sumagot yung Daddy nya. Ngumiti lang sya at naglakad na pabalik sa bahay. Ang weird pero hindi ko man lang nakitaan ng takot.

Nakita ko si Yuri na naglalakad palapit samin. Seryoso'ng seryoso sya lalu na nung makita nya sila Aries at Ella.

"Bakit kami sinundo ng Tatay mo?" Tanung ni Felix kay Keifer.

Pero hindi sya sumagot. Agad sya'ng naglakad palapit dun sa malaking bahay nila at pumasok dun sa yayamaning pinto.

Tinignan ko si Yuri sa pagbabaka-sakali na may isasagot sya samin pero sumunod lang din sya kay Keifer.

"Anu bang nangyayari?" Tanung ko.

Dahil obvius naman na walang makasagot nanahimik nalang kami sa kinatatayuan namin.

May ilang minuto rin siguro kaming nakatayo don ng bigla'ng

maglakad si Aries papasok sa bahay kasunod si Ella.

Ay wow! Feel at home?

"**Aanu yun?!**" Tanung ni Eren.

"**Wala'ng mangyayari satin dito! Tara na!**" Sabi ni Rory at agad na naglakad papasok sa bahay.

Dahil mga hindi alam ang gagawin, sumunod naman kami. Pagpasok sa loob nahiya ang sapatos ko sa kintab ng sahig nila.

Anu'ng sabi ni Sia sa chandelier nila? Mas malaki pa to sa nasa hotel nila Yuri. Ang putik! Hindi lang ako mag-swing dito, matutulog pa ko.

Wala'ng wala yung tinitiran ni Keifer sa mansyon na to. Presidente ata ng pilipinas nakatira dito.

"**Good morning.**" Bati samin ng isang babae na nakasuot ng pang-maid.

Nanliit ako, mas muka pa kong katulong sa kanya. Ang kinis kasi ng balat nya at sobrang linis ng suot. Nahiya yung uniform kong tinakbuhan ng plantsa.

"**Sumunod po kayo sakin.**" Sabi nya at naglakad.

Nangunguna sa pagsunod si Eren. *Chicks eh!* Habang naglalakad, panay ang tingin ko sa paligid. Ang lalaki ng painting na nakasabit sa pader. Sing-laki ata ng kama ko sa kwarto.

May binuksang pinto yung babae'ng sinusundan namin. Sinenyasan nya kami'ng pumasok. Lakad naman kami habang nakapila. Para kami'ng nasa feild trip.

Nice nice!

Dalawang sofa set ang bumungad samin. Eto ata yung receiving area nila. Ang mga kumag agad na tumakbo at humilata dun sa sofa. Kanya-kanya naman tingin yung iba.

May kumalabit sakin. Tinignan ko naman at si Ci-N lang pala. Nilapit nya yung bibig nya sa tenga ko at bumulong.

"**Samahan mo ko... Mag-CR ako.**" Sabi nya.

Buti nabanggit nya! Kanina pa nga din ako naiihi. Nag-nod naman ako sa kanya at lumabas na kami ulit.

"**Asan kaya ang CR?**" Tanung ko.

Hindi sumagot ang Ci-N. Bigla nalang sya'ng naglakad paalis. Kahit nagtataka sumunod nalang ako sa kanya.

Kung saan saan kami nagsuot. May apat na maid na ata yung nasasalubong namin pero hindi man lang nagtatanung si Ci or nakikipag-usap sa kanila.

Pakiramdam ko naliligaw na kami.

Bigla nalang umakyat si Ci sa hagdan papunta'ng second floor. *Putcha!* Pati hagdan pang-mayaman. Anu'ng sabi ng Stairway to heaven dito?

"**Hoy Ci!**" Tawag ko sa kanya. "**...Saan tayo pupunta? Kala ko mag-CR tayo?**"

Hindi sya sumagot tuloy-tuloy pa rin sya sa paglalakad. Feeling ko hindi na CR ang pakay nito.

Panibagong hallway na naman ang pinasukan namin. Nag-uumpisa na kong mainis sa bata'ng kumag na to. Hangang sa bigla nalang sya'ng huminto sa tapat ng isang pinto.

Kumatok sya dun at parang may pinakinggan. Humarap sya sakin at sinenyasan akong lumapit sa kanya.

"**Bakit?**" Tanung ko habang naglalakad palapit sa kanya.

Bahagya nyang binuksan yung pinto. "**Pasok ka...**" Utos nya.

Ayoko sana, kayalang may narinig akong pamilyar na boses mula sa loob. Pumasok ako at nakita ko si Keifer, Yuri, Keigan at Keiren na

seryoso'ng nag-uusap-usap.

Andito pala sila Keigan?

"Anu'ng meron?" Bulong ko.

Si Yuri ang unang nakakita sakin. **"Jay..."** Tawag nya sakin.

Dahan-dahan ako'ng naglakad palapit sa kanila.

"A-anu bang nangyayari?" Tanung ko sa kanila.

"We need your cooperation here." Sabi ni Keifer.

Tinuro ko yung sarili ko at taka na tumingin sa kanila.

"Dad is up to something. Hindi nya ko papupuntahin dito ng walang dahilan." Sabi ni Keigan.

Hindi ako nag-salita. Hinintay kong ituloy nila yung paliwanag sakin.

"We don't know what it is, but one thing is for sure." Sabi ni Yuri at tumingin kay Keiren. **"...Si Keiren ang target nya at pwedeng gagamitin nya tayong lahat."**

Napatingin ako kay Keiren. Matamlay sya at parang may sakit.

"Nakiki-usap ako sayo Jay... In case everything went wrong, please run away with Keiren. Keigan will help you scape here." Paki-usap ni Keifer.

"I-iiwanan ko kayo?"

Umiwas ng tingin si Yuri at ganun din ang ginawa ni Keifer.

"Don't worry Jay... They won't hurt your friends and classmate. But i can't promise that they won't hurt Kuya." Sabi ni Keigan.

Ang galing! Gumaan ang pakiramdam ko sa sinabi mo'ng yan Keigan. Iiwanan ko sila kapag nagka-gulo. Hindi naman yata tama yun.

"Please do what i said. Wag ka ng mag-isip pa ng kahit anu." Maotoridad na utos ni Keifer.

Ayoko sana, ayokong gawin yun. Hindi ko gawain yun eh, napatingin ako kay Keiren. Nakaka-awa ang itsura nya.

"S-sige... Gagawin ko."

"Great! You know what to do Keigan!" Sabi ni Keifer habang nakatingin sa kapatid nya.

Nag-nod lang naman sila at nag-simulang lumakad palapit sa pinto. Tapos na yung meeting nila.

Dumaan sa harap ko si Keifer kaya agad kong hinawakan ang dulo ng polo nya. Taka nya ko tinignan.

"S-saan CR nyo?" Tanung ko sa kanya.

Tinignan nya sila Keigan at Yuri. Sumenyas sya sa tumuloy na sila. Tinuro nya sakin yung pinto sa likod ko.

Agad naman akong nag-tatakbo papasok sa loob. Hindi ko na kasi kaya. Sobrang sakit na ng pantog ko.

Pagpasok sa loob, nahiya yung pwet kong dumikit dun sa inidoro nila. Kintab to the max! Pero hindi ko na kaya'ng magpigil, bahala na yung naglilinis. Tadtarin nalang nya ng disenfectant.

Pero sa totoo lang, nag-enjoy akong magwiwi dito. Complete sa sanitary ang banyo'ng to. May alcohol pa!

Paglabas ko, wala ng tao sa kwarto. Baka nainip na sakin si Keifer. Lalakad na sana ako palapit sa pinto pero may bigla nalang yumakap sakin mula sa likod.

Hala! Hala!

"Ssshhh..." Sabi nya. **"...I fvcking miss you."**

Hala! Teka lang!

"**...Naging busy kasi ako. But after this, i swear babawi ako sayo.**"

A-anu ba to? T-teka lang!

"**...please say something.**"

Panu ako magsasalita? Nanigas na naman ako dito sa kinatatayuan ko. Nakayakap pa sya sakin. *Edi wow!*

"**K-keifer...**" Tawag ko sa kanya.

Bigla nalang nya'ng sinubsob yung ulo nya sa balikat ko. Hindi sya nagsalita pero may pagkakataon na humihigpit yung yakap nya sakin.

Naintindihan ko na.

Hindi lang nya ko niyakap dahil namiss nya ko. Kailangan nya ng masasandalan ngayon. Kahit hindi sya magsalita, ramdam kong hirap sya.

Hinawakan ko yung braso nya.

"**Ssshhh...**" Panimula ko. "**...Na-miss din kita.**"

Naramdaman ko ang bahagya'ng pagtaas ng ulo nya.

"**...wag mong isipin yun. Marami pa namang time para bumawi. Unahin mo yung dapat mong unahin.**" Sabi ko at tinap yung ulo.

Ipinatong nya yung baba nya sa balikat ko.

"**Thank you...**" Bulong nya. "**...Thank you for being here.**"

Napangiti nalang ako dahil sa sinabi nya. Ang gaan sa pakiramdam ng ganito.

Kumalas sya sa pagkakayakap. "**Let's go.**" Sabi nya at naglakad palapit sa pinto.

Ay walang kiss?

Pffttt... Kala ko namiss nya ko. Anu ba yan? Umasa pa man din ako.

Sumunod na ko sa kanya. Naka-hawak na sya ng doorknob ng bigla sya'ng huminto.

"**Before we go...**" Sabi nya at bigla nalang akong hinalikan sa labi.

Sandali lang yun pero sapat na para patigilin ang tibok ng puso ko.

Ahihi...

Binuksan nya ang pinto at agad na lumabas. Nakita ko si Ci-N na nakasandal sa pader at naglalaro sa cellphone nya.

"**Huy!**" Tawag ko sa kanya. "**...Tara na!**"

"**Anu pinag-usapan nyo?**" Tanung nya sakin.

"**Wala...**" Sagot ko at naglakad na.

Agad naman sya'ng sumunod sakin.

"**Hindi nga... Tungkol nga saan yun?**" Pangungulit nya.

"**Basta...**"

"**Sasabihin mo o sasabihin ko kay Keifer na may boyfriend kana?**" Banta nya.

Bigla nalang ako'ng natawa. *Kung alam mo lang...*

Pero nawala din yung tawa ko na yun ng makita ko si Yuri. *Shit!* Narinig kaya nya yung sinabi ni Ci-N?

"**Anu'ng pinag-uusapan nyo?**" Tanung nya samin.

"**A-anu... Wa----**"

"**Wala na kayo'ng pag-asa ni Keifer! May boyfriend na si Jay-jay!**" Singit ni Ci-N.

Putik!

"**Boyfriend?**" Taka'ng tanung ni Yuri at tinignan ako.

Sumenyas ako sa kanya ng '*Wala lang yun!*'. Baka kung anu pang idagdag nitong si Ci-N.

"**Oo! Kaya----hhhhmmmm! hhhmmmm!**" Agad kong tinakpan yung bibig nya.

"**Ahahahaha... Ang lakas kasi ng tama nitong si Ci!**" Awkward na sabi ko.

Ngumiti lang sakin si Yuri at nag-nod bago tuluyang naglakad palayo. Binitawan ko si Ci at agad sya'ng tinignan ng masama.

"**Ang baho ng kamay mo!**" Reklamo nya sakin.

Ay gago!

Inamoy ko naman yung kamay ko. Wala naman akong naamoy na iba bukod don sa alcohol na ginamit ko kanina.

"**Tara na nga! Kakain na daw!**" Sabi nya at mabilis na naglakad paalis.

Nice! Kainan na!

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Chapter 151

Near Death

Jay-jay's POV

Yung totoo?! Lunch date o may fiesta? Simple'ng pananghalian o may bonggang handaan?

Napakaraming pagkain. Bonggang bongga! Parang kang umattend ng birthday or binyag. Nasa gilid yung mga pagkain.

Syempre, dahil mga likas na patay gutom. Eto kami at nakapila. Oo! Kasama ako, patay gutom na rin ako. Sinong hindi magugutom dito?

Lechon mga Bes!

Sa lahat ng nagmamantika, eto lang ang ka-akit-akit. *Clap**Clap*.

Ang tagal ng mga Ulupong na to kumuha. Hinakot na yata lahat ng pagkain.

"**May ice cream!**" Sabi ni Ci habang pumapalakpak.

"**Magkanin ka muna... Baka sikmurain ka kung ice cream agad kakainin mo.**"

"**Pero ice cream ang gusto ko.**" Pilit nya sabay pout.

"**Ay naku! Bahala ka nga...**"

Hinayaan ko nalang sya. Nakarating na kami sa tagumpay. Kuha dito, kuha doon. Magkakasya dapat sa plato.

Pagkakuha ng pagkain, dumiretso na kami sa lamesa. Naka-pwesto kami malapit kila Keifer, kaya naririnig namin ang usapan nila. Yun din kasi ang sabi nila sakin. Wag ako lalayo kila Keigan.

Yung habang ligaya'ng ligaya ka sa pagkain. Eto naman sila at

napaka-seryoso ng usapan. Awra palang ni Keifer mabigat na sa pakiramdam.

Idagdag pa yung kay Yuri at dun sa Daddy nila Keifer. Ang hindi ko lang maintindihan, kung bakit pati si Aries nasa table nila kasama si Ella.

Edi wow!

"**...how's your school? Nag-aaral kabang mabuti?**" Tanung nung Daddy nila kay Keifer.

"**My study is none of your business.**" Diretsong sagot nung Hari.

"**Come on Keifer, i'm still your Dad. I still have responsibility with you and your brother.**"

"**Bullsh*t!**" Inis na sabi ni Keifer.

"**Language my son. Your still in my house.**" Maotoridad na sabi nung Daddy nya.

Putcha! Intense!

Para akong nag-aabang matinding sagupaan dito. Kulang nalang mag-labas sila ng baril kagaya sa pelikula.

Tumingin yung Daddy ni Keifer kay Aries at Yuri.

"**Look at you, dati lang nagpupunta kayo dito para sunduin si Keifer. Saya'ng nga lang at kulang na kayo.**" Sabi at ngumiti.

Kilala din nya pala si Percy. Totoo nga! Nagpunta na nga dito si Aries dati. Kaya pala alam na alam nya.

"**Your Ella, right?**" Tuon nito kay Ella. "**...The last time that i saw you, kasama mo si Keifer. But now, it's look like your with someone else.**"

Nakaramdam ng pagka-ilang si Ella. Agad namang hinawakan ni Aries ang kamay nya. Hindi ko sya masisisi. Nakapaligid sa kanya ang nakaraan nya.

Bigla nalang tumingin yung Daddy ni Keifer sakin. Muntik pa kong mahirinan. *Nakakabigla naman kasi!*

"**Only rose among the thorns?**" Tanung nya sakin.

Ene dew?!

"**...What is your name? Bago ka sa paningin ko.**"

Napatingin pa ko kila Keifer na nakatingin din sakin. Para bang sinasabi nila na mag-ingat ako sa pagsagot.

"**J-jasper Jean Mariano po... Jay-jay nalang po.**"

Sandali sya tumahimik at parang nag-isip pero sakin parin nakatuon ang atensyon nya.

"**I know few Mariano in business industry. What are your parents name?**" Tanung ulit nya.

"**Those were none of your business.**" Mabilis na singit ni Keifer.

Buti nalang nagsalita sya. Ayoko ding sabihin ang pangalan nila. Alanganin kasi, lalu na yung kay Papa.

"**It's just a name. Nothing is wrong for asking someone's name.**" Sabi nya at bumalik ang tingin sakin. "**...mind telling me their name?**"

Kingina!

"**J-jasfher Mariano po yung Papa ko. Jeana Fernandez po yung nanay ko.**" Alanganin kong sagot.

Bigla nalang sya'ng ngumiti ng malapad.

"**What a small world! Nagka-anak pala sila! Hahahaha...**" sabi nya.

Nakaramdam ako ng inis. Anu'ng ibig nya'ng sabihin dun?

"**...It's just happen that i know your father. He's a stock holder in our telecommunication company. On the other side, i also**

know your mother. Kapatid sya ng Gema Fernandez which is happen to be my friend." Sabi nya, sabay tingin kay Aries. "**...So, magpinsan pala kayo?**"

Umiwas lang ng tingin si Aries. Halata'ng hindi sya proud sa narinig nya. Hindi sya proud na maging magka-dugo kami.

"**...Never in my mind that i imagine your parents together. I mean... No offense but your Mom seems a bit... '*taklesa*'.**" Sabi nya at parang iniisip ang tamang word para idiscribe ang mama ko.

Napayuko nalang ako. Totoo naman kasi, taklesa si Mama. Ang tapang-tapang nya magbigay ng opinyon sa harap ng iba. Walang filter ang bibig nya kaya napapa-away sya palagi.

Makakarating nalang samin na nasa presinto sya at pinakulong ng naka-away nya. To the rescue naman si Lola, pero ako nanahimik lang sa bahay.

"**...Ni hindi ko sila nakita na magkasama before. It amaze me that----**" napahinto sya.

Bigla nalang kasing nabasag yung baso ni Keifer. Hindi nya binato o inihampas sa kung saan. Kusa nalang nabasag yun sa mismong palad nya.

Unti-unti'ng sinara ni Keifer ang kamao nya at kasabay nun ang pagtulo ng dugo sa lamesa.

"**Pinapunta mo ba sila para insultuhin lang?**" Seryoso'ng tanung ni Keifer sa kanya.

"**No... Why you seem so affected?**"

Naglipat-lipat ang tingin ko kay Keifer at sa Daddy nya. Kung may kuryente lang na dumadaloy sa mga tingin nila, nakapag-charge na ko ng cellphone.

"**Pwede bang sabihin mo nalang kung anu'ng kailangan mo saming lahat? May mga pasok din kami sa school.**" Inis na sabi ni Keifer habang pinupunasan ang kamay nya sa table napkin.

Sumenyas yung Daddy nya sa isa mga tauhan nya. "**I'm glad you bring that up.**"

May inabot na papel yung isa sa mga lalaking naka-black suite. Kinuha yun ng Daddy ni Keifer at inabot sa kanya.

"**...Pirmahan mo.**" Utos nya.

Binasa ni Keifer yung nakasulat sa papel. Parang may kung nakalagay at mabilis na ikinagalit nya. Tumayo sya at tinignan ng masama yung Daddy nya.

"**Kung ayaw mong ibigay ang custody sakin ni Keiren. Ibalik mo sakin ang mana mo.**"

"**It's my Mom's money! She work hard to get it and she gave it to me!**"

"**Wala'ng pera ang Mama mo... Ninakaw nya yun sa mga stock holder ng company. Sakin to be exact.**"

Ibinato ni Keifer yung papel. "**Wala ako'ng pipirmahan!**"

Seryoso sya'ng tinignan ng Daddy nya. "**You leave me no choice.**"

Bigla nalang naglapitan sa kanila yung mga naka-black suite. Napatayo nalang kami at napalayo sa kanila.

Yung pagkain ko!

Hahawakan nila si Keiren pero bago pa nila magawa yun, malakas na suntok ang tumama sa kanila galing kay Keifer.

Na-alarma yung iba mga naka-black suite kaya naglapitan na sila. Agad na lumayo si Ella at Aries. Tinulungan naman ni Yuri si Keifer na labanan yung mga lalaki.

Bwisit tong Aries na to! Tumulong ka kaya! Kakahiya naman sayo nyan.

"**Tulungan natin sila Keifer!**" Sigaw nila at agad na lumapit sa pwesto nila Keifer.

Mas lalong nadagdagan yung mga naka-black suite. Yung totoo? Gano kayo karami dito?

Nakita ko si Keigan na tumatakbo palapit sakin. Eto na ba yun? Tatakas na ba kami? Sinalubong ko sila. Yun nga lang may bigla'ng humawak kay Keigan.

Napilitang tumakbo si Keiren.

"**Keiren!**" Tawag ko sa kanya.

Tumakbo sya palapit sakin. Tinignan ko yung paligid. Nagkakagulo na sila! Wala ako'ng makita'ng lalabasan.

"**Saan tayo pupunta?!**" Taranta'ng tanung nya sakin.

Pakshit!

Hinatak ko sya palapit sa isa mga pinto. Sinubukan kong buksan yun at sipain pero naka-lock.

Pota naman!

Niligid ko yung paningin ko. Pero puro lumilipad na plato at mga gamit yung nakita ko.

Wala ako'ng choice. Lumapit ako sa isa sa mga table. Tinaas ko yung table clothe at pilit pinasok sa ilalim ng lamesa si Keiren.

"**Dito ka muna! Hahanapin ko si Keigan!**" Sabi ko at binaba yung tela.

Agad ako'ng tumakbo at hinanap si Keigan pero hindi ko sya makita. *Asan na?!*

Nagpa-ikot-ikot pa ko. Halos madapa ako at tamaan ng mga lumilipad na gamit.

Isang kamay ang napatigil sakin. Isa sa mga naka-black suite.

"**Asan si Keiren?!**" Galit na tanung nya sakin.

"**Sa bulsa ko! Nagkakape!**" Sigaw ko at agad sya'ng tinulak ng

malakas.

Nabitawan nya ko kaya nakatakbo ako palayo. Lalung tumindi ang gulo pero isang malakas na tinig ng lalaki ang nagpatigil saming lahat.

"**ENOUGH!!**" Sigaw ng Daddy ni Keifer at kasabay nun ay ang pagkasa ng mga baril.

Nakita ko si Keigan na hawak ng isa sa mga naka-black suite. Naka-head lock sya at pilit nagpupumiglas.

Napalunok nalang ako. Lalu ng makita ko yung tinulak ko kanina na nakatutok ang baril sa sintido ko.

Shit! Wala ng biro! Katapusan ko na!

Huminto silang lahat sa pag-aaway. Galit na nakatingin si Keifer sa Daddy nya.

"**YOU SON OF A B*TCH!**" Sigaw nya.

"**Language!**" Sagot nito at sumenyas sa isa mga tauhan nya.

Bigla nalang sinikmuraan ng isa sa kanila si Keifer. Napaluhod sya sakit pero pilit nya'ng pinatatag ang sarili nya.

"**Where is Keiren?**" Tanung ng Daddy nya at niligid ang tingin samin.

Walang sumasagot. Wala naman nakaka-alam sa kanila, maliban sakin.

"**Sir! Ang babae'ng to, kasama nya si Keiren kanina!**" Sumbong nitong lalaki'ng kaharap ko na nakaturo ang baril sakin.

Pasalamat ka may baril ka!

Naglakad sya palapit sakin kasunod ng iba pang mga tauhan nya.

"**Where is my son?**" Seryoso'ng tanung nya.

Umiling ako. "**H-hindi ko po alam... N-nagkahiwalay po kami.**"

Palusot ko.

Halata'ng hindi sya naniniwala sa sinabi ko. Sumenyas na naman sya sa tauhan nya at laking gulat ko ng bigla'ng pinagtulungan ng tatlo sa kanila si Keifer.

"**Argh!**" Sigaw nya.

"**Keiren! Come out! Come out! Where ever you are!**" Sigaw ng Daddy nila.

Gusto kong tumakbo palapit kay Keifer. Gusto ko silang pigilan pero panu ko gagawin yun kung sa bawat kibot ko sumusunod ang baril sakin.

Tinignan ko yung mga Ulupong at si Aries. Nakiki-usap ang tingin ko sa kanila pero kahit sila walang magawa.

Nakahandusay na si Keifer sa sahig pero ayaw pa rin nilang tumigil.

"**T-tama na... Maawa po kayo kay Keifer.**" Paki-usap ko.

"**Maawa? Those words don't fit to my son. Keifer need to learn a lesson.**" Sabi nya sakin at ngumiti.

Tatay kaba talaga nya? Bakit ganyan sya sa anak nya? Naiiyak na ko, gusto'ng gusto ko na sila'ng patigilin.

Matibay pa rin si Keifer kung tutuusin. Hindi sya nagsasalita at salag lang ng salag ng mga suntok.

Mukang napagtanto naman ng Daddy nya na wala sya'ng mapapala sa pananakit sa anak nya.

"**Keifer, bakit ba ang tigas ng ulo mo?**" Tanung ng Daddy nya at naglakad palapit sa kanya.

Hindi sya sumagot.

"**...Tsk! Plan A is not working. I'll go with the plan B.**" Dagdag pa nito.

Laking gulat ko ng maglabas pa ng baril yung ibang mga naka-black suite at itutok sa iba pa naming kasama.

Napaatras naman ako ng idikit sa ulo ko yung baril na nakatutok sakin.

"...Pirma lang ang kailangan ko. Yun lang o kaya naman si Keiren."

Kita kong pag-aalala ni Keifer. Sandali sya'ng tumingin saming lahat. Pinilit nya'ng tumayo at bigla nalang sya'ng tumingin sakin.

Hindi! Wag mo kong tignan!

"**Kuya wag!**" Sigaw ni Keigan pero pinatahimik sya ng may hawak sa kanya.

Sandali sya'ng tumahimik at nag-isip. Nagulat nalang ako ng unti-unti nya'ng kuhanin ang ballpen sa lamesa.

"**Keifer!**"

"**Wag!**" Sabay na sigaw namin ni Yuri.

Nilapit ng Daddy nya sa kanya yung papel. Unti-unti'ng bumaba yung kamay nya'ng may hawak na ballpen.

Hindi! Mahalaga kay Keifer ang Mama nya. Kung isusuko lang nya yung sinabi nya'ng pinaghirapan ng Mama nya parang sinuko na rin nya yung pinaglalaban nya.

Haaaiizzzttt! Minsan ko lang gagawin to!

"**Kalabitin mo yang gatilyo!**"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Chapter 152

Gun

Jay-jay's POV

Tumigil ang lahat. Litiral na tumigil. Masama ang tingin sakin ng lalaki'ng naka-black suite sa harap ko. Na sya ring may hawak na baril at nakatutok sakin.

"**Kalabitin mo yang gatilyo!**" Pag-uulit ko.

Timingin yung lalaki'ng kaharap ko sa Daddy ni Keifer at sakin.

"**Jay! Shut up!**" Sigaw sakin ni Aries.

Hindi ko sya pinansin. Diretso lang tingin ko dito sa pvtarages na kaharap ko.

"**Kalabitin mo...**" Utos ko sa kanya.

"**Anu bang ginagawa mo Jay?!**" Galit na tanung ni Yuri.

Hindi ko din sya sinagot. Walang kumukurap samin nitong kaharap ko. Subukan lang nya, pipitikin ko yung talukap ng mata nya.

"**Kalabitin mo na!**" Sigaw ko. "**...Hindi mo magawa no?**" Napangiti nalang ako ng hindi sya sumagot. "**...Anu nalang sasabihin ng mga tao kapag nalaman nilang may namatay na istudyante dahil sa mga Watson? Kasiraan sa inyo yun.**"

Tumahimik silang lahat. Mukang nakuha din naman nila yung ibig kong sabihin.

"**...Kayayanin nyo bang pumatay ng istudyante'ng walang laban?**" Pangongonsensya ko.

Kahit yung ibang naka-black suite na may baril parang napa-isip din.

"...Anu nalang sasabihin ng mga business partners nyo? Anu nalang sasabihin ng maraming tao at anu'ng sasabihin sa inyo ng Papa ko?"

Dead air!

Palitan ng tingin ang ginawa ng iba. Meron namang tumingin sa Daddy ni Keifer. Pero etong kaharap ko, pinanindigan ang titigan portion naming dalawa.

Bigla nalang nag-slow clap yung Daddy ni Keifer at naglakad palapit sakin.

"Put the gun down..." Utos nya at hinarap ako. **"...You're a brave woman, you know?"**

Kung alam mo lang. Yung isang taong tapang na inipon ko para pang-harap kay Kuya, nagamit ko na ata.

Hindi na ko sumagot sa kanya. Lumakad sya palapit kay Keifer at kinuha yung papel.

"Akala ko nalamangan na kita ngayon... Pero mukang mali ako." Sabi at tumingin sakin. **"...You and your friends can leave now. I'll talk to you again next time."**

Naglakad na sya paalis kasama nung mga lalaki'ng naka-black suite. Pero etong kaharap ko tinignan muna ko ng masama bago tuluyang umalis.

Titingan pa!

Nanginig ang tuhod ko at kusa nalang ako'ng bumagsak sa sahig ng mawala sila sa paningin namin. Agad namang lumapit sakin sila Ci-N at David para alalayan ako.

Yung takot na pilit kong nilalabanan kanina, eto na at lumabas. Hindi na kinaya ng katawan ko. Yung puso ko, abnormal na sa pagtibok. Kulang nalang humiwalay na sakin.

"Okay lang Jay?" Tanung ni David.

Napahawak ako sa braso nya. "**Jusme! Akala ko mamatay na ko!**"

Napatingin ako kila Yuri na pilit inaaalalayan yung Hari. Ma-pride din ang mokong dahil panay ang tanggi nya.

"**Ang tapang mo kanina... Nakaka-proud ka.**" Sabi ni Ci-N.

Naks!

Napangiti nalang din ako. Habang kinakamusta ako ng iba, hindi ko namalayan na naka-lapit na pala sila Keifer samin.

"**Are you out of your mind?!**" Galit na tanung nya sakin.

Nakatingin na silang lahat samin.

"**...Kilala mo ba kung sino yung hinamon mo?!**"

Umiling lang ako. Wala naman akong clue kung sino yun. Basta tauhan sya ng Daddy ni Keifer.

"**That is Dylan! He is a professional hitman!**"

H-h-h-hitman?!

Hinamon ko yung isang professional hitman? Hinamon ko? HINAMON KO!

Muli na namang nanlambot ang tuhod ko at tuloy-tuloy ako'ng napaupo sa sahig.

"**JAY!**" Tawag nila sakin at inalalayan ako ulit pero sa pagkakataon na to wala na kong lakas tumayo.

Naka-harap ko si Kamatayan!

Ang lakas pa ng loob ko at ang yabang-yabang pa ng dating ko. *Kingina!* Kung hindi ako sinanto nun, putcha! Uuwi akong malamig na bangkay samin.

"**M-m-muntik na ko dun.**" Sabi ko habang patuloy sa panginginig.

"**Okay lang yan... Hindi ka naman natuluyan eh.**" Sabi ni Ci.

Gustohin ko man dagukan ang bata'ng to, hindi ko magawa. Hindi mawala sa isip ko yung ginawa ko.

"**Asan si Keiren?**" Singit ni Keigan samin.

Nanginginig pa ang kamay ko na tumuro sa lamesa'ng pinag-taguan ko sa kanya.

Agad namang lumapit si Keigan don at sumilip sa ilalim. Lumabas si Keiren at yumakap sa kanya. Lumapit din si Keifer. Mahigpit na yakap agad ang binigay nya sa mga kapatid nya.

Nakakabakla siguro tignan para sa iba. Pero para sakin ang lakas maka-gwapo nyan.

"**Umalis na siguro tayo dito.**" Suggestion ni Drew.

Sumang-ayon naman yung iba. Inalalayan ako ni David pati sa paglalakad. Napatingin ako kila Aries at Ella. Nakatingin lang sila sakin at para bang meron silang pinag-uusapan.

Paglabas ng bahay, sinakay ni Keifer sila Keigan at Keiren sa kotse. Humarap sya samin at tinignan ako ng masama.

"**Wag mo ng uulitin yun!**" Galit na sabi nya sakin.

"**Keifer! Ginawa lang naman nya yun para tulungan ka!**" Pagtatanggol sakin ni Felix.

"**Pano kung ginawa nga ni Dylan yung sinabi nya?!**" Sagot nya.

Tumahimik kaming lahat. Tama naman sya dun. Panu nga kung tinuloy nya? Pero kung hindi ko naman ginawa yun, baka pirmado na yung papel at wala na yung pinaghirapan ng Mama nya.

"**...You just gave them a new idea on what they should do next!**"

Ewan ko pero nakaramdam ako ng pananakit sa dibdib habang nakikinig sa mga sinasabi nya. Pakiramdam ko naging pabigat ako sa kanya.

"**...Next time think before making some random action!**" Dagdag nya at tuluyan ng sumakay ng kotse nya.

"**Yaan mo na si Keifer... Nag-aalala lang sayo yun.**" Sabi ni David sakin.

Nag-nod lang ako bilang sagot sa kanya. Pero hindi kasi ganun yun.

Ang bigat kasi sa pakiramdam na ginusto ko lang makatulong pero parang naging dagdag problema pa.

"**Wag mong masyado'ng isipin. Kahit ako magagalit siguro sa ginawa mo.**" Sabi ni Yuri. "**...But thank you for doing that.**"

Ngumiti ako sa kanya. At least na-appreciate nya yung ginawa ko. Yun nga lang hindi sya yung ini-expect kong tao.

+ +

Third Person's POV

1... 2... 3...

Pagbibilang ni Dylan sa isip nya. Binibilang nya ang bala ng baril na hawak nya kanina.

Ang baril na ginamit nya'ng panutok kay Jay-jay. Nangangati ang palad nya. Hindi sya magkakapera kagaya ng sabi-sabi. Nangangati ang palad nya'ng kalabitin ang gatilyo ng baril.

Pagpatay ang kinabubuhay nya. Pero kahit walang bayad kaya nya'ng pumatay. Hindi naman pera ang habol nya.

Yung nararamdaman nya kapag pumapatay, yun ang gusto'ng gusto nya.

"**How many times do you need to count that bullets?**" Tanung ng Boss nya.

Daddy ni Keifer.

Tahimik itong nakatingin sa labas ng bintana. Mula doon kita'ng

kita nya ang paalis na sinasakyan ng mga kaklase ni Keifer.

"**Sorry po...**" Sabi ni Dylan at tinago ang baril nya. "**...Pwede po bang malaman kung bakit hindi nyo kami hinayaan na tapusin silang lahat?**"

Bahagya'ng tumawa ang Boss nya.

Si Kaizer Watson. Ang walang puso'ng ama ni Keifer. Sa hindi maintindihan na dahilan ni Dylan, hindi ito pumayag na patayin ang mga kaklase ni Keifer kahit kaya'ng kaya naman nya'ng gawin yun.

"**Because of that girl... She has a point.**" Sagot nito. "**...I amaze her.**"

Napaisip si Dylan, totoo ang tapang ng babaeng yun pero kahit ganun, nakita nya ang takot nito.

Bagay na gusto'ng gusto din nya'ng nakikita sa mga pinapatay nya.

"**You know Jeana right?**" Tanung ng Daddy ni Keifer.
"**...Somehow, nakikita ko ang babae'ng yun sa kanya. Mag-ina talaga sila.**"

Minsan lang nya'ng nakaharap si Jeana. Sandali'ng sandali at matagal na panahon na rin. Kaya naman hindi din nya naiintindihan ang mga sinasabi ng boss nya.

"**Anu pong plano nyo kay Keifer?**" Pag-iiba nya ng usapan.

"**Kailangan kong makuha si Keiren. Mautak ang financial holder ng babaeng yun. Hindi ko mahahawakan ang pera nila kung wala sila sa tabi ko.**" Paliwanag nito at kumuha ng alak sa lamesang malapit sa kanya. "**...Kailangan kong mauto si Keifer, hindi ko sya madadaan sa dahas o pisikalan.**"

"**Si Keigan po?**" Tanung ni Dylan.

Kung meron mang natitira'ng mabuti kay Dylan. Yun ay ang pag-aalala nya sa bata'ng minsan nya'ng inalagaan.

"I have no use to that kid. Nakuha ko na ang pera nya. What i need is Keifer and Keiren's money."

Napayuko si Dylan. Malaking pera ang pinag-uusapan dito. Dahil minor ang mga bata, lahat ng perang iniwanan ng ina nila ay nasa financial holder nito. Allowance lang ang pumapasok sa income ng tatlo.

Nakuha na nito ang pera ni Keigan ng minsan itong mapunta sa puder nya. Pagkatapos makuha ang kailangan itinapon na nito si Kiegan na parang basura.

Walang amor sa anak ang Boss nya. Kahit naman sa dati nitong asawa.

"Call my lawyer. I need to speak to them." Utos nito.

Yumuko si Dylan at lumabas ng silid. Ginawa nito ang utos nya. Kinuha nya ang cellphone at nag-dial ng number.

Pero ibang tao ang tinawagan nya.

"Hello..."

["*Next time sabihin mo samin ng maaga ang plano nya.*"] Bungad nito sa kanya.

"Pasensya na... Nawalan ako ng oras para magpadala ng text."

["*Nakatanga lang kami don at wala'ng ka-alam-alam!*"] Galit na sigaw ng kausap nya.

"Pasensya na talaga..."

["*Papalagpasin namin yun. Pero yung ginawa mo kay Jay-jay hindi! Pag-uusapan natin yan pagnagkita tayo!*"]

Hindi na hinintay nito ang sasabihin ni Dylan. Pinatay nito ang tawag.

Eto ang tama...

Gusto'ng bumawi ni Dylan sa mga kasalanan nya at ang pagtulong sa mga bata'ng yun ang nakikita nya'ng paraan.

Author's Note: Need ko talaga'ng isama to.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Chapter 153

Argue

Jay-jay's POV

"**Hindi mo ba sasagutin yan?**" Tanung ni Ci-N sakin habang kumakain ng ice cream.

Patuloy ako sa paglipat ng pahina ng catalog na hawak ko. Hindi ko pinapansin yung cellphone at tong bata'ng inubos na yung isang litro ng ice cream.

Sandali'ng sinilip ni Ci-N yung phone ko at bumalik sa ginagawa nya.

"**May LQ ba kayo?**" Tanung nya.

Hindi ulit ako sumagot.

"**Anu ba yan? Walang pang L meron ng Q.**" Sabi nya.

Napa-isip ako. Wala pang L? Anung L? Mukang nag-wagi ang luko. Napilitan akong harapin sya at kausapin.

"**Anung L?**" Tanung ko.

"**Love.**" Mabilis nya'ng sagot.

Pffttt...

"**Anu naman yung Q?**"

"**Q-langot.**" Sabi nya at humagalpak ng tawa.

Minsan talaga masarap ng manuntok ng muka. Lalu na yung muka nito'ng bata na to.

"**Ewan ko sayo...**" Inis na sabi ko at hinarap nalang ulit yung catalog.

Ako daw pumili ng titirhan nya. Wala daw kasi sya'ng alam sa ganun. *Mas lalu naman ako!* Pero tinulungan ko na rin sya para maging busy ako.

"**Quarrel.**" Sabi nya ng matapos sa pagtawa.

"**Hm?**"

"**Lover's Quarrel. Kayo ni Keifer.**"

Umiwas ako ng tingin. "**Hindi kami Lovers.**"

"**Kaya nga... Wala pang L tapos Q na kayo.**" Pag-uulit nya.

Ewan!

Ayoko sya'ng pag-usapan ngayon. Alam ko din na sya yung tawag ng tawag sakin. Bahala sya!

Tumunog yung cellphone ni Ci-N. Sandali sya'ng nangalikot don tapos humarap agad sya sakin.

"**May pinapa-sabi si Keifer sayo.**" Sabi nya. "**...in 5 minutes kapag hindi ka daw nagpakita sa kanya, kakausapin daw nya si Angelo ngayon.**"

Anu? Magpapakita? Kakausapin?

Taka ako napatingin kay Ci-N. Hinintay ko kung may sasabihin pa sya pero nagkibit balikat lang sya.

Tumunog ulit yung cellphone ni Ci. "**Andyan daw sya labas.**"

Napabalikwas ako ng bangon. Impakto'ng yun! Alam ko na balak nya. Sasabihin nya kay Kuya Angelo yung relasyon naming dalawa.

Halos madapa ako sa pagtakbo. Pero wala ako'ng paki don. Kailangan ko lang makita yung isa at baka kung anu gawin nya.

Paglabas ng gate ng bahay. *Wala naman ih!*

Wala'ng tao o kotse. Gago'ng yun! Pinagt-tripan lang ata ako. Babalik na sana ako sa loob ng may mapansin ako'ng maganda'ng

kotse sa hindi kalayuan.

Nakababa ang bintana nun at.... *Ayun ang animal!*

Naglakad ako palapit dun. Hinarap ko yung Peste'ng Hari ng mga Ulupong.

"**Hoy! Eto na ko! Anu kailangan mo?!**" Galit na tanung ko.

"**Get in.**" Kalmado'ng utos nya.

"**Ayoko! Sabihin mo na kung anu'ng kailangan mo.**"

"**Get in.**"

"**Ayoko nga! Wala kang sasabihin umalis.**"

"**Tss.**"

Yun na yon?! Yun na yung sasabihin nya? Ang haba! Naiyak ako tang'na!

"**Peste ka! Aalis na ko!**"

"**Sasakay ka o sasakay ka!**" Galit na sabi nya.

Eto na nga! Sasakay na nga!

Nabigla ako sa ginawa nya. Para ako'ng nawala sa sarili at sumakay ng kotse nya. Wala talaga ako'ng palag sa galit nito.

Parang kay Kuya lang.

Mabilis na pinaandar na naman ng wala'ng hiya ang sasakyan. Napakapit nalang ako sa upuan.

Kung saan kami pupunta, hindi ko alam. Nakakatakot mag-salita. Feeling ko mabubugahan ako ng apoy ng dragon.

"**Say something.**" Sabi nya na ipinag-taka ko.

"**A-anu namang sasabihin ko?**"

"Anything. Your mad at me? Shout! Curse me! Say anything!"

Problema nito?

Umaandar na naman siguro yung topak nya. Oo, galit ako sa kanya. Pero bakit ako yung dapat na magsalita?

"S-san ba tayo pupunta?" Pag-iiba ko sa usapan.

Hindi sya sumagot. Hanggang sa mapansin ko yung gate na pinapasukan namin. Pamilyar sakin.

Saan ko ba----*wooot*! Dito din nya ko dinala non. Yung gabi na sinabi ko sa kanya yung mag salita'ng hirap na hirap akong bitawan.

Tama nga ako, subdivision nga yung lugar. Pero wala pang kabahayan, ginagawa pa lang yung iba.

Huminto kami sa ilalim ng isang malaking puno. Hindi ako kumikibo, tumingin ako sa labas at tumingin sa iba't ibang direksyon maliban sa kanya.

May ilang minuto siguro kaming tahimik. Mula sa gilid ng paningin ko nakita ko syang nakatingin sakin.

Sumaglit ako ng tingin sa parte nya. Kuwari may tinignang iba. Tama nga ako. Nakatingin nga sya sakin. Titig na titig!

Ang awkward makatingin nito!

"So, you're not going to speak?" Tanung nya.

"Bakit ako?" Taka'ng tanung ko.

Pero parang naging tunog galit na rin ako. Lakas kasi maka-badtrip nito. Galit kana nga, gagalitin kapa.

"Because your mad."

Muka mo mad!

"Porke mad, ako na dapat una mag-salita?! Kakahiya naman

dun sa naging dahilan ng pagiging mad ko!" Galit na sabi ko.

"Look, if this is about what i said earlier----"

"Buti alam mo!" Putol ko sa sasabihin nya. **"...tapos ako pa dapat mag-salita?!"**

"At anu nama'ng sasabihin ko?!" Inis na tanung nya.

Sinabayan nya talaga yung tono ng boses ko. Mukang balak din nya'ng sabayan ang galit ko.

"Bakit hindi mo alamin?!"

Tignan natin ang galing mo!

"I'm not a fortune teller! Pano ko naman malalaman yung gusto mo marinig?!"

Ampvta!

Nasampal ko nalang ang sarili kong noo. Hindi ba nya makuha na, simpleng sorry at kaunting appreciation lang, okay na?!

"A-PO-LO-GIZE!" Madiin kong sabi na ikina-salubong ng kilay nya.

"Why would I?!"

"Hellow! Kamusta naman po yung mga pinag-sasasabi mo sakin?! Tinulungan lang kita tapos ako pa yung masama?!"

"I know that I hurt your feelings but you need to understand that what you did is wrong! What if Dylan do what you said?!"

"Tinuloy ba?! Hindi diba?!"

"Still wrong!"

"Edi mali na kung mali! Pero sana man lang na-appreciate mo yung ginawa ko!"

Nasuklay nalang nya yung buhok nya gamit ang mga daliri nya. Halata'ng nagpipigil ng galit ang luko.

"Na-appreciate ko naman! Na-appreciate ko yung paglagay mo sa sarili mo sa bingit ng KAMATAYAN! Lalu na yung pinag-ALALA mo ko ng husto!"

Yung sobrang inis mo, feel mo nalang sapakin tong kaaway mo para matapos na yung usap.

Aaarrrrggghhhh....

"Tang'na naman! Yun na nga yun, nilagay ko na nga sa alanganin yung buhay ko! Kahit katiting na credits para sakin wala?! Pvta naman! Sana pala hinayaan ko ng pirmahan mo yang punyeta'ng papel na----" napatigil ako ng makita ko sya'ng nakangiti sakin.

Gago'ng to!

Halos mamaos ako kakatalak tapos ngingitian lang ako. Na-aning na ata ng tuluyan. *Baliw!*

"Ano?!" Inis na tanung ko.

"Three." Sagot nya habang naka-senyas ng tatlo sa daliri.

Three?!

"...Three profanity words."

Nanlaki yung mata ko sa na-realize ko. Nawala sa isip ko yung *profanity* na yan. Pero bago pa man makagawa ng hakbang ang walang hiya, iniharang ko na yung mga braso ko.

"NO!" Sigaw ko.

"No?"

My name is NO, my number is No...

Anu ba yan?! Napapakanta nalang ako bigla. Bwisit kasi tong Hari na to.

"...What do you mean?! Baka nakakalimutan mo, may usapan

tayo?" Pa-alala nya sakin.

"**Hindi ko nakakalimutan! Pero dahil galit ako, walang KISS!**"

"**HEY! That is not counted!**" Reklamo nya.

"**Counted mo muka mo! Tsaka, ayoko! Amoy sigarilyo ka!**"

Pagkasabi ko nun agad nya'ng inamoy ang sarili nya. Akala nya siguro na hindi ko pupunahin. Amoy na amoy ang sigarilyo sa kanya.

"**And so what, if i smell like cigarette?**" Mayabang nya'ng tanung.

"**Ayoko nga ng amoy!**"

"**Tss... Para'ng hindi ka nanigarilyo dati ah?**"

Pinandilatan ko sya ng mata. "**Excuse me! Try lang yun! Hindi kita hahalikan kapag nanigarilyo ka! Buong araw yun!**"

"**What?! You can't be serious about that?!**" Hindi makapaniwala nya'ng tanung.

Akala mo ah!

"**I'm dead serious.**" Pang-asar ko sa kanya.

"**C'mon! I can't live without having your lips for a day!**"

Ay ang OA!

"**Can't live?! Umabot ka nga ng 17 ng wala ako sa tabi mo. Tsaka hindi naman araw-araw nagk-kiss tayo ah?**"

"**Yeah... Co'z i know that next day, I can still kiss you. Pero ngayon....What if araw-araw ako manigarilyo? Araw na araw na walang----Hell no!**"

Kung kanina, inis na inis ako sa lintik na to. Ngayon, natatawa na ko sa kanya. *Kiss Addict* na yata sya!

"**Seryoso ako dyan.**" Sabi ko.

"Jay... If this is still about our argument. Fine! You win!... Thank you! Thank you... For risking your life to help me and my brothers."

Ahahahaha...

"Nice... Biglang nagbago isip mo pagdating sa kiss, ano?"

Tinignan nya ko ng may pakiki-usap. Akala naman nya madadala ako sa gwapo nya'ng muka.

"...pero hindi pa rin ang sagot ko. Naiinis ako sayo! Sa maraming bagay at dahilan!"

Napabuga nalang ng malakas na hangin ang luko. Kulang nalang sumigaw sya sa inis.

"Anu na naman ba'ng dahilan?!"

Inirapan ko sya. **"Ewan ko sayo. Alamin mo."**

Bigla nalang nya'ng sinampal ang sarili nya'ng noo. Gusto'ng gusto ko ng tumawa ng malakas dahil sa itsura nya pero kailangan kong panindigan tong '*galit-galitan*' moment ko.

Tsaka isa pa, meron din akong gusto'ng malaman.

"Feeling ko kasi..." Panimula ko dahilan para tumahimik sya at tumingin sakin. **"...hindi pa talaga kita ganun kakilala."**

"What do you mean?" Mahinahon nya'ng tanung.

Mukang nakuha naman nya na nagse-seryoso'ng usap na ko.

"Yung nangyari kasi sa inyo ng Daddy mo..." Hindi ko na tinuloy ang sasabihin ko.

Bigla nalang kasi sya'ng umiwas ng tingin. Mukang ayaw nya'ng pag-usapan ang tungkol don.

Umiwas nalang ako ng tingin. Pakiramdam ng ibang tao ka sa kanya. Kahit man lang sana pangalan ng magulang nya ipa-alam

nya sakin. Feeling ko tuloy----

"**My Dad killed my Mom.**"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Chapter 154

Watson Family

Keifer's POV

"**...Kainis! You'll pay for this.**" I whisper while walking.

"**Keifer... What did i told you?**" Mom said with her signature '*remember-what-i-said*' tone.

"**Don't curse back.**" I answer innocently.

"**Anu pa?**"

"**Revenge is not an answer.**"

Mom smile to me but i can't smile back. Natalo na naman ako ng Yuri Hanamitchi na yun. Tinalo na nga nya ko sa exam pati ba naman sa suntukan.

I hate him.

"**Bakit hindi ka pa rin naka-ngiti?**" Tanung nya.

"**Mom... Natalo ulit nya ko. Dad will get mad at me.**" I said sound disappointed.

Well I do really am. Specially when Dad found out about this. Iisipin na naman nya na mahina ang panganay nya. Ang sinasabi nya'ng magmamana ng lahat ng meron sya.

I'm only 7 years old but I already feel pressured about everything. Pakiramdam ko ang laki na agad ng responsibilidad ko sa buhay.

"**Wag mo ng isipin ang Dad mo. Ako nalang kakausap sa kanya.**" She answered and smile.

I have no choice but to force a smile. Ayoko sana pero alam kong hindi titigil si Mom sa pangungulit sakin.

Huminto kami sa gate kung saan kami susunduin ng kotse ni Dad. Mula sa kabilang daan nakikita ko sya. Nakikita ko yung tumalo sakin kasama ng kaibigan nya'ng kulay blue ang mata.

Sandali'ng dumaan ang tingin nya sakin pero bumalik din yun sa kasama nya.

Dumating ang kotse ni Dad pero mukang wala na naman sya. I feel a bit relief, dahil alam kong kakagalitan lang nya ko kapag nalaman nya yung nangyari.

Pagsakay, umandar agad ang kotse. Nakita ko mula sa bintana si Aries. Kasama nya yung Kuya nya'ng nakakatakot.

Pero wala naman ako'ng paki sa kanila. Si Yuri pa rin ang nasa isip ko. Kung pano ko sya gagantihan.

"Nagpatalo ka na naman sa Hanamitchi na yun?" Dad ask.

Hindi ako nakasagot. Napayuko nalang ako. I'm waiting for my Mom to say something but Dad look at him feircely.

"I'm asking you question Keifer." He said with authority.

"O-opo."

Bigla nalang binitawan ni Dad yung mga kubyertos. Tumama yun sa plato nya at sobrang ingay nun para sakin. Ayokong naririnig yun, lalo kapag galing kay Dad.

I'm scared.

"H-hon... Okay lang naman yun. Mga bata----"

"That's the problem!" Dad interupt Mom. **"...Kasi bata! Kasi bata! Dapat nga hangat bata matuto na sya! Dadalin nya yan hangang sa pagtanda nya!"**

I want to cry but i can't. Dad will surely get mad again if he saw me crying. I can do nothing but look down.

Natatakot ako sa kanya kapag ganyan sya. Tinignan ko sandali si Keigan. Nakatingin lang sya sakin at kita'ng kita ko ang pamumuo ng luha nya sa galid ng mata.

Even Keigan can't cry out loud. Tinignan ko yung pagkain sa harapan ko. Wala na kong gana, pero yung tingin sakin ni Mom parang nagsasabi na '*kumain kana please*'. Kahit ayoko napilitan ako'ng kuhanin yung kutsara at nag-simulang kumain.

"Next time, make sure na mananalo ka na sa Hanamitchi na yan." Dad said.

I nodded as a repond. But immediately want to regret that. Specially when i saw how my Mom look at me.

Sorry.

"**Keigan sleep here.**" Keigan said while pointing out my bed.

Nawiwili na sya ng pagtulog dito sa kwarto ko. Ginagawa nya yan, everytime na natatakot sya.

"**No. Go back to your room.**" I answer him.

"**Keigan don't want.**" Bigla nalang sya'ng tumalon sa tabi ko at nagtalakbong ng kumot.

What the hek?

"**Keigan....**"

"**Keigan sleep.**" He said and create a snorring sound.

Pasaway talaga!

Hinayaan ko nalang sya. Someone knock on my room door. I didn't say anything, i know that it was Mom. The door open and i was right.

"**How's my boys?**" She ask while smiling at me.

"**Keigan will sleep here.**" Keigan said with all smile.

Mom kiss his forhead. She's about to do it on me when we heard a banging sound just outside.

"**SERINA!**" It was Dad. Shouting like a crazy man. "**WHERE THE HELL ARE YOU?!**"

I know that Mom is scared but she manage to hide it. She look at me with assurance.

"**Stay here.**" Sabi nya samin. Bubuksan na sana nya yung pinto ng kwarto pero kusa ng bumukas yun.

Galit na pumasok si Dad habang may hawak na papel. Agad na yumakap sakin si Keigan.

"**What is the meaning of this?!**" Dad ask angrily while showing up the papers to Mom. "**...Ninanakawan mo ba ko?!**"

"**N-no... T-that's my money. I have the right----**"

Bigla nalang sinakal ni Dad si Mom. Pareho kaming nanginig sa takot at nabigla ni Keigan.

"**You have no right?! This is my money, wala kang pera dito!**" Galit na sabi ni Dad.

I want to help Mom, but I don't know what to do! My body is shaking and i'm just a kid.

"**N-n-nasasaktan ako K-kaizer.**" Sabi ni Mom habang pilit nagpupumiglas.

"**Masasaktan ka talaga sakin!**" Sigaw ni Dad at bigla nalang sinampal si Mom.

Tuloy tuloy sya'ng bumagsak sa sahig. Pag-iyak at pagtawag lang sa kanya tanging nagawa namin.

"**Tama na Kaizer! Wag sa harap ng mga bata!**" Paki-usap ni Mom habang umiiyak.

"**I don't care!**" Panibagong sampal na naman ang binigay nya kay Mom.

"**Dad! Tama na po!**" Paki-usap ko.

"**Kaizer! Tama na please!**"

"**Mom!**"

Tumigil si Dad pero matalim na tingin ang binigay nya samin.

Hinawakan nya si Mom sa buhok.

"**Gawin mo pa ulit yun at hindi lang yan ang makukuha mo sakin!**"

Binitiwan nya si Mom at agad na lumabas ng kwarto. Kinuha namin ni Keigan yung pagkakataon at tumakbo palapit sa kanya.

I hug him tight. "**Mom!**"

"**Sssshhhh... Don't cry. Okay lang si Mom.**" She said while hugging as back.

I feel useless. Wala man lang akong nagawa para sa kanya. Pinanood lang namin sya'ng gawin yun kay Mom.

It's hunting me. It's a nightmare for me and Keigan. Seeing our Mom hurt by our own Dad.

Tapos wala man lang kami'ng nagawa.

"**Keifer!**" One of my classmate called me. "**...Tara! Laro tayo!**"

I shook my head and look down. I'm not in the mood to play. I need to think on what i should do when Dad do that again.

Suddenly a ball roll over my foot.

"**Keifer! Paabot naman!**" Someone shout.

I look up to see who it is. *Yuri.*

Sya na naman! Nakakainis. Sinadya ba nya'ng ibato yung bola sa side ko? Nang-iinis ba talaga sya?

I get the ball and play it in my hands. I smile to him and he smile back. Akala nya siguro nakalimutan ko na yung ginawa nya.

"**Want to play with us?**" Tanung nya.

For what? To prove that your great in everything?

"**Sure.**" I answer quickly.

Tumingin sya sandali sa mga kalaro nya. I grab the moment. With all the force that i can give, i throw the ball straight to his face.

Bull eyes!

"**Yuri!**" They shout.

Tulot-tuloy sya'ng bumagsak sa lupa at agad namang lumapit yung mga kalaro nya.

"**Anung problema mo?!**" Galit na tanung nung kulay blue ang mata.

"**Paki mo.**" Bored kong sagot.

Tumayo si Yuri, kasabay nun ang pag-tulo ng dugo mula sa ilong nya.

"**May dugo! Tawagin nyo si Ma'am!**"

Tinignan ni Yuri sandali yung kamay na pinamunas nya. Tinignan nya ko ng may pagtataka at galit.

"**Ano bang problema mo?**" Mahinahong nya'ng tanung sakin.

"**Nothing. I just hate your face.**" I answer.

"**Salbahe ka! Isusumbong ka namin kay Ma'am!**" Sigaw na naman nung blue ang mata habang nakaturo sakin.

"**Tss... Edi isumbong mo.**"

"**Aba! Ikaw----**" akmang lalapit na sana sakin yung blue yung mata pero hinarangan sya ni Yuri.

"**Hayaan mo na sya Percy... Wala kang mapapala sa pagpatol sa kanya.**" Mahinahon na sabi nya.

Lalu akong nakaramdam ng inis. Anu'ng gusto nya'ng sabihin?

Yabang!

Lumipat ang tingin nya sakin. Wala sya'ng reakyson. Relax na relax sya kahit na dumudugo ang ilong nya.

My fist clenched. How he can do that? Being calm in the middle of this situation.

Something inside me got more mad to him. My body automatically move and run toward him. I punch his face and he fell out of the floor again.

"**Sira ulo ka!**" Sigaw nung bata'ng blue ang mata at bigla nalang nya kong sinugod.

Bakit ba nakiki-alam ang isang to?!

Bago pa man nya ko masaktan, inunahan ko na sya. Pero pagbagsak nya, may kamaong tumama sa muka ko.

Si Yuri! Hindi na ko nakapag-pigil pa. Gumanti ako at nagsimula na kami'ng magrambulan. Pati ibang kaklase namin nakisali na rin.

Habang nasa kalagitnaan ng away, nagulat nalang ako ng may bata'ng tumilapon sakin.

"**Aray!**" Sigaw nya.

Aries?

Hindi ako sigurado kung anu'ng nangyari pero hindi ko alam na nakikisali sa away si Aries.

Kusa din naman sya'ng tumayo at nakisuntok-suntok na rin. Binalikan ko si Yuri. Bahala na kung saan tumama ang nga suntok namin.

Ang mahalaga lang sakin, makaganti ako!

Sa muling pagkakataon, ibinigay ko ang buong lakas ko sa pagsuntok sa kanya. Hindi naman ako nabigo dahil nahirapan na sya'ng tumayo pagkatapos.

Nanalo ako?! Nanalo ako! PANALO----

"MARK KEIFER WATSON! SA GUIDANCE OFFICE! NGAYON NA!"

PATAY!

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ + +

Chapter 155

Freindship

Keifer's POV

I'm Dead.

I'm so dead. Mom will get mad at me. Dad will SURELY get mad at me. And here i am facing my penalty.

What have I done?!

"**Kainis! Kasalanan to ng isa dyan! Lakas ng loob mag-hanap ng away!**" Parinig nung Percy sakin.

Paparinig pa. Pwede naman nya sabihin ng harapan sakin, halos magkalapit lang naman kami.

"**Shut up! Kasalanan mo din to!**" Sita sa kanya ni Aries.

I don't understand. Sa dami naming nagkakagulo kanina, kaming apat lang ang pinatawag sa guidance.

"**Bakit ako?!**" Inis na tanung ni Percy.

"**Stupid! Kundi mo ko sinuntok at tinulak papunta kay Keifer hindi sana ako madadamay dito!**"

Now i know!

Kaya pala bigla nalang sya'ng tumilapon sakin. Yung Percy pala yung may kasalanan.

"**Sorry... Kala ko kasi ikaw yung classmate naming payat.**" Kamot batok na paliwanag nya kay Aries.

Napatingin ako kay Yuri. Kalmado sya'ng nakatingin sakin. Kung kanina naiinis ako sa kanya, ngayon nahihiya na ko.

"**Bakit mo ba ginawa yun?**" Tanung nya sakin.

"**W-wala... Nainis lang ako sa muka mo. Tsaka ganti ko na rin sa huling away natin.**"

Taka nya kong tinignan. "**Nag-away naba tayo?**"

"**O-oo naman!**"

Sandali sya'ng nag-isip at pilit inalala yung sinabi ko. Anu sya? May amnesia? Hindi pa nagtatagal yung huling away namin.

"**Hindi ko maalala.**" Sagot nya sakin. "**...Pero kung totoo nga yun. I apologize.**"

Seriously?

Nag-s-sorry sya kahit hindi naman nya maalala yung nangyari. Pero bakit?

"**Wag ka nga mag-sorry dyan!**" Utos ni Percy sa kanya.

"**Pero kasalanan ko naman talaga. Kundi hindi kami nag-away nung nakaraan baka hindi tayo nagkagulo ngayon.**" Tinignan nya ko ulit. "**...Again, i'm sorry Keifer for what i have done.**"

Lalu akong nahiya sa sarili ko. Mali yata'ng inaway ko pa sya.

"**S-sorry din. Hindi dapat ako gumawa ng eksena at nagsimula ng gulo.**" Sabi ko.

Ngumiti sakin si Yuri kaya naman ganun din ang ginawa ko.

"**Sakin din mag-sorry ka!**" Utos sakin nung Percy.

Nagsalubong ang kilay ko. "**Why would i?**"

"**Nadamay kaya ako sa gulong ginawa mo!**"

"**Dinamay mo lang yung sarili mo! Si Keifer at Yuri lang talaga yung nag-away!**" Sabi ni Aries.

Tinignan sya ng masama ni Percy pero bago pa man din sya

makasagot, bumukas yung pinto ng guidance office at pumasok yung councilor kasama----*what is he doing here?*

"**K-kuya...**" Tawag ni Aries.

Tinignan nya kaming lahat. Aaminin ko, may kung anong kilabot ang bumalot sakin mula sa tingin na binigay nya.

"**Mabuti at dumating ka. Hindi pa rin kasi sumasagot ang mga magulang nila.**" sabi nung councilor.

"**Anu po bang nangyari?**" tanung nung Kuya ni Aries.

Tinignan ako nung guidance councilor. "**Mind to explain?**"

Umiwas ako ng tingin. Wala akong ipapaliwanag sa kanila. Panu ko naman sasabihin na nainis lang ako ng sobra kaya naghamon ako ng away? Pagnakarating din kay Mom to, sigurado ako'ng malulungkot sya.

Bigla nalang nagtaas ng kamay si Percy. "**Ako! Ako! Ako magpapaliwanag!**"

Nagpalitan kami nila Yuri ng tingin. Anu'ng ipapaliwanag nya?

"**Bigla nalang nang-away si Keifer tapos nagsuntukan sila ni Yuri tapos sumugod ako para tumulong tapos nasuntok ko si Aries tapos----**"

"**Mr. Collins! That's enough.**" Awat nila.

Sandaling nag-usap yung Guidance at yung Kuya ni Aries. Gusto ko sanang makinig at alamin yung pinag-uusapan nila pero may pagkakataon na tinitignan nya ko ng masama kaya napapayuko ako.

Bigla nalang naglakad palabas yung Guidance Councilor at naiwan kaming lima sa loob. Sinara nung Kuya ni Aries yung pinto at ni-lock.

Sabay-sabay nalang kami'ng napalunok sa takot.

"**K-k-kuya A-a-angelo.**" Nanginginig na tawag ni Aries.

Angelo pala ang pangalan nya!

Unti-unti sya'ng humarap samin at saktong paghinto nya, bigla nalang dumamba sa pwesto ko sila Yuri, Percy at Aries.

Akala ko kung anu'ng gagawin nila. Pero bigla nila kong tinulak palapit kay Angelo.

"**W-what... Stop! Don't push me!**" I shout.

"**Ikaw humarap sa kanya! Tutal ikaw nagsimula nito!**" Sigaw ni Yuri.

What the hell?!

Kaka-sorry lang nya sakin tapos ako tong itutulak nya.

"**Nakakatakot magalit si Kuya!**" Sigaw ni Aries.

Kaya ba nya ko tinutulak?!

"**Kaya mo na yan! Matapang ka naman!**" Sabi ni Percy.

Iisa lang ako at dahil tatlo silang nagtutulak sakin nagtagumpay silang. Halos pasubsob akong napalapit kay Angelo.

Mula sa pwesto ko, kita'ng kita ko ang pailalim na tingin nya sakin.

B-b-bakit ba ko natatakot ng ganito?

"**Ikaw... Yung Keifer...**" Mabagal nya'ng tanung.

"**O-o-opo.**"

Tipid na tango lang ang sinagot nya sakin. Akala ko may sasabihin sya pero nanatili sya'ng tahimik.

Sandali ako'ng lumingon kila Yuri, na sana hindi ko nalang ginawa. Bigla nalang ako'ng binuhat ni Angelo at pinatiwarik.

Inalog-alog din nya ko ng parang bote ng softdrinks.

"Aaahhhhh... Waaaaaaggggg!" Sigaw ko.

"Matapang kang mag-simula ng away! Ha?! Anu?! Sagot!" Galit na sabi nya sakin.

"TaaAaaaAmmmAaaa nAaaa pOoo!"

Tumigil sya sa pag-alog sakin. Binaba nya ko sa sahig at dun ko naramdaman yung epekto ng ginawa nya.

Kusa nalang akong bumagsak sa pagkahilo. Pakiramdam ko din babaliktad ang sikmura mo.

I'm too young to suffer. Why is he doing this to me?

"Sino'ng susunod?!" Dinig kong tanung ni Angelo.

Bigla nalang nagtakbukan yung tatlo sa pintuan at nagkakalampag.

"Ayoko pa pong mamatay!"

"Buksan nyo po to!"

"Hindi na po ako uulit!"

Sigaw nilang tatlo. Eto na yun?! Eto na ba yung punishment namin sa nangyari'ng gulo?! Parang mas gusto ko pang ipaalam kila Mom yung nangyari kesa ganito.

Ayoko nito!

That's weird. Yung driver lang ni Dad ang sumundo sakin, wala si Mom. Pumasok ako sa bahay at si Keigan ang bumungad sakin.

"Where is Mom?" I ask him.

"Mom sick, in bed."

Hinawakan ko ang kamay nya at inakay sya'ng maglakad papunta sa kwarto nila Mom.

"Dad mad again. Keigan hear shout." He said.

Nagalit ulit si Dad? Hindi kaya sinaktan ulit nya si Mom. Binilisan ko yung paglakad at ganun din si Keigan.

Pagdating sa kwarto nila, nag-knock muna ko pero walang sumasagot. Hindi na ko nakapag-hintay kaya naman binuksan ko na yung pinto.

Keigan si right, she was in bed and sleeping. I walk toward her and look. I even touch her forehead so i can feel if she have fever. But i think her temp is fine.

"**Keifer...**" Bulong ni Mom. "**...hows your school?**"

Oh no! I wake her up!

"**Sorry... I didn't mean to wake you up.**"

"**No, don't apologize. I'm not sleeping in the first place. I'm just resting my eyes.**" She said and smile.

"**Mom, i had a fight with Yuri.**"

Dahan-dahang dumilat si Mom at tinignan ako. "**What happen?**"

"**It's my fault. Gusto ko kasing makaganti pero okay na po kami. Nag-sorry na po kami sa isa't-isa. We're friends now.**" I explain.

"**Please don't do that again.**" Mom said sound disappointed.

"**I'm sorry. I promise I won't do that again.**"

She hold my hands and smile. Something is wrong with Mom. Her eyes is not the same from the way she look at me.

I notice her neck, there is a red mark and a wound. Tinakpan agad yun ni Mom ng buhok nya ng mapansin nya'ng nakatingin ako.

"**Mag-bihis kana... Magpahanda ka ng miryenda sa mga maid.**" Utos nya sakin.

I nod. "**Okay.**"

He kiss my forehead before i walk away. I hold Keigan's hand and ask him to leave the room. I want Mom to have a rest.

Nag-bihis ako kagaya ng utos nya. Nakasunod pa rin sakin si Keigan.

"**New guy!**" Sigaw ni Keigan sa may bintana.

Tinignan ko yung tinuturo nya. There's a new guy? I never seen him before.

"**His name is Dylan. Keigan will play with him.**" He said and run.

"**Keigan! Wait!**"

Nawala na sya sa paningin ko. Sino yun? Naka-uniform din sya kagaya ng ibang tauhan ni Dad. Kumuha ba sya ng bago? For what reason? I'm not comfortable with this guy.

"**Dylan has a tattoo and a gun.**" Keigan said.

"**What?!**"

"**Keigan saw it!**"

A gun? *Why does he have that?*

"Please... Don't talk to that Dylan again."

"But why?! Keigan like him."

"But i don't. I'm still your older brother, so follow what i said." I said in command.

"Okay..."

I don't trust that Dylan guy and I heard him earlier talking to Dad. He said something about killing someone.

Mom said killing is bad. So Dylan is bad because he will kill someone.

I just hope he don't do something bad to us. Specially with my Mom and Keigan.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Chapter 156

Strong

Keifer's POV

Nightmare!

Yung ang nararanasan ko ngayon. Napapadalas na ang pananakit ni Dad kay Mom. Dumating na sa point na mabilis na syang magkasakit.

At nakakainis na wala man lang ako'ng magawa. Hindi ko lang maintindihan kung bakit nag-stay pa si Mom sa bahay na to kung ganun naman yung ginagawa sa kanya.

Kainis!

"Kuya... Your friends are here." Tawag sakin ni Keigan.

Isa pa sya! Something is wrong with him. Naging tahimik si Keigan at parang laging occupied. Sinabi ko na sa kanya na layuan nya si Dylan pero lagi ko silang nakikita na magkasama.

"You don't want to join us?" I ask him while dressing up.

"No. I want to stay here with Mom." He answer and walk away.

Gusto ko din mag-stay sa tabi ni Mom pero hindi ko magawa. Tuwing nakikita ko sya suma-sama lang ang loob ko. Bakit ba sya nag-tya-tyaga dito? Kay Dad?

Ilang beses ko na rin sya tinanung tungkol don pero iisa lang ang sagot nya. '*Magiging okay din kami ng Dad nyo*'. Which is obviously not happening.

I walk out of my room. Nasa entrance door na sila. As usual... Percy with his smiling face, Aries with his serious and Yuri with the poker face. We're been friends for more than one year now.

Lagi nila kong sinusundo dito sa house. Wala naman kasing pwedeng mag-drive samin.

Malapit na ko sa kanila when i hear a very familiar voice. "**Keifer, where do you think your going?**"

"**Out with my friends.**" I answer Dad quickly.

"**Napapadalas ata ang paglabas mo?**"

"**Why? Ikukulong mo na rin ba ko dito sa bahay?**" I ask boredly.

He look at me straight in the eye. Alam kong nakakabastos yung pagsagot ko sa kanya. Pero hindi ko na kasi kaya'ng magtiis.

"**I don't like the way you talk to me.**"

"**And i don't like talking to you.**" I said and walk out of the house.

Sumunod naman agad sakin yung tatlo.

"**Hindi ka ba natatakot sa Dad mo?**" Aries ask me.

"**No. Why?**"

"**Kami kasi natatakot sa kanya.**" Percy said and laugh.

Sana ganun kadali tawanan ang lahat. Sumakay na kami sa kotse nila Yuri. Driver nila ang madalas naming kasama sa mga ganitong galaan. Kung saan-saan lang naman kami nagpupunta.

Basta makalayo lang sa pesteng bahay na to!

"**Saan tayo ngayon?**" Tanung ni Yuri.

"**Punta naman tayo sa masayang lugar. Kailangan nating mag-celebrate.**" Sabi ni Percy.

"**Celebrate?**"

"**Oo! Nakalimutan nyo naba kung anung araw ngayon?**" Tanung nya samin.

Nag-tinginan kami nila Aries at Yuri. Hindi kasi namin ma-gets yung sinasabi nya. Anu'ng araw nga ba ngayon?

"**Wala'ng nakaka-alala? Grabe naman kayo!**" Inis na sabi ni Percy.

"**Birthday mo ba?**" Tanung ni Aries.

Umiling agad sya. "**Anniversary natin ngayon! 2 years na tayo'ng magkakaibigan!**"

"**Ahhh...**" Sabay-sabay na sabi namin habang tumatango.

"**Anu ba yan?! Hindi ba mahalaga sa inyo pagkakaibigan natin?!**" Cross arm pa sya habang nakatingin ng diretso sa harap.

"**Anu yan? Relasyon? Binibilangan?**" Tanung ni Aries.

"**Oo! Kaya dapat i-kiss mo ko!**" Sigaw ni Percy at pilit idinidikit ang nguso nya kay Aries.

Agad namang tinulak ni Aries ang muka nya palayo. "**Yack! Stop it!**"

"**Tama na nga yan... Dun nalang tayo sa bahay. Hahaoya will cook for us.**" Sabi ni Yuri at sinenyasan ang driver na paandarin na yung kotse.

Umabot na pala kami ng dalawang taon. Simula nung araw na nag-away-away kami at parusahan ni Angelo.

"**Keifer.**" Dad called me.

Wala na sana akong balak magpakita sa kanya pero mukang inaabangan nya talaga ko.

"**Do you need something?**" I ask him.

"**What time is it?**"

"**I don't know. You're wearing a Rolex watch, why don't you look at----**"

"**DON'T YOU DARE TALK TO ME LIKE THAT!**" He shout angrily.

His shout gives a chill on my spine. Natatakot pa rin naman ako sa kanya, but i try to hide it.

"**...Yan ba natututunan mo sa mga barkada mo?!**"

I look away. Ngayon naman nasa mga kaibigan ko yung sisi. He keep blaming everyone. Even thought in the first place he should be the one to blame.

"**ANSWER ME KEIFER!**"

"**N-no.**"

"Hindi kaba natuturuan ng maayos ng Mom mo?! O baka naman yan ang tinuturo nya sayo?!"

"No! Wag mo ng idamay si Mom dito!"

Tinignan nya ko ng masama. Mabilis sya'ng naglakad palapit sakin at ang sunod nya'ng ginawa ang hindi ko inaasahan na kaya nya'ng gawin sakin.

Malakas na sampal ang binigay nya. Kusa nalang akong bumagsak sa sahig. Ramdam na ramdam ko ang paghapdi ng gilid ng labi ko. Kasabay din nun ang pagmanhid ng pisngi ko.

Hindi ko napigilan ang luha ko at ang takot ko sa kanya.

Tama ako!

Kaya'ng kaya nga talaga nya kong saktan. Hindi lang si Mom, pati ako at malamang pati si Keigan.

"YOU'RE STARTING TO DISRESPECT ME! BAKA NAKAKALIMUTAN MO KUNG SINO AKO!" He shout at me.

Hinawakan nya ko sa kwelyo at muling sinampal sa muka.

Masakit! Sobra! Masakit yung ginagawa nya pero mas masakit na hindi man lang ako makalaban sa kanya.

"KAIZER!" Boses ni Mom.

Tumigil si Dad at galit na tinignan si Mom. Nakasunod sa kanya si Keigan na walang reaksyon.

"M-mom!"

Agad syang lumapit sakin at niyakap ako. **"Kaizer! Wag naman pati mga bata!"**

"Kaya tumitigas ulo nyan! Kasi kinukunsinti mo!" Dinuro-duro nya si Mom.

"Pero hindi mo naman kailangang saktan!"

"At anung gagawin ko?! Pupurihin sa ginagawa nya?! Kapag yang anak mo hindi nagtino, lulumpuhin ko yan!" Sabi nya at tuluyan ng naglakad paalis.

Yumakap ako ng mahigpit kay Mom. Nilabas ko na rin lahat ng luha na kanina ko pa tinatago.

"Sssshhhh... Andito na si Mom. Hindi kana nya sasaktan."

"Mom! Umalis na tayo dito! Please!"

"Damn! Ginawa yan ng Dad mo?!" Gulat na tanung ni Percy habang pinagmamasdan ang pasa ko sa muka.

"Anu paba gusto mo? Picture para patunay?" Sarcastic na sabi ni Aries.

He just receive a death glare from Percy.

"Pati ikaw sinaktan na rin nya. Hindi pa ba kayo

magrereklamo? Pwede'ng pwede nyong ipakulong Dad mo." Sabi ni Yuri.

I shook my head. I wish we can do that but Mom don't want to. Kahit nakita na nya yung ginawa sakin ni Dad ayaw pa rin nya'ng umalis.

"Kainis! Bakit ba kasi nagtitiis si Mom sa lalaki na yun?!"

"Hindi mo maiintindihan dahil bata ka pa." Singit ni Angelo sa usapan. **"...Ipagdasal mo nalang na wala'ng masama'ng mangyari sa inyo ng Mom mo at ng kapatid mo."**

Hindi ko alam na nakikinig sya sa usapan namin. Akala ko andun sya sa loob ng bahay. Andito kasi kami sa labas nila Aries.

Ayaw daw kasi sya'ng payagan kaya eto kami at hangang labas lang ng bahay nila.

"Pero panu kung hindi madaan sa dasal?" Tanung ni Percy.

Panu nga? Panu nalang kami?

"Edi daanin sa paspasan." Dugtong ni Aries pero malakas na batok naman ang nakuha nya galing kay Angelo.

Tsk! Hindi joke ang kailangan ko. Paraan kung pano kami makaka-alis sa puder ni Dad.

Kung hindi naman kami maka-alis, sana kaya kong ipagtanggol si Mom.

"Magsi-uwi na nga kayo! Anu'ng oras na andito pa kayo!" Sigaw samin ni Angelo.

Seryoso ko sya'ng tinginan. **"Angelo..."** Tinignan nya ko at ng iba pa. **"...turuan mo kong maging malakas."**

"Ha?"

"Gusto kong maging malakas! If Mom don't want to leave Dad, then i'll find a way to defend her! So please! Help me!" Paki-

usap ko.

Nag-cross arm sya at humarap sakin. Halata'ng hindi sya natuwa sa sinabi ko.

Minsan ko na sya'n nakita'ng lumaban sa maraming tao. Nag-iisa lang sya pero nagawa nya silang pabagsakin. Hindi biro yun! At yung ang gusto kong matutunan.

"**Hindi ganun yun. Hindi kita matuturuan.**" Seryoso'ng sabi nya sakin.

"**Turuan mo nalang ako lumaban!**" Pagpipilit ko. "**...Please! Angelo!**"

"**Keifer----**"

"**Kami din!**" Singit ni Percy.

"**Dapat kami din!**" Sabi ni Aries.

"**TUMIGIL NGA KAYO!**" Galit na sigaw nya samin. "**...Wala akong tuturuan! Magsi-uwi na kayo!**"

Bigla nalang syang pumasok sa loob at padabog na sinara yung gate. Naiwan kaming naka-tanga sa labas.

"**Kung ayaw nya tayong turuan, tayo nalang. May Karate school malapit samin.**" Sabi ni Percy.

Masyado'ng matagal tong Karate na to. Puro basic lang naman lang tinuturo nila. Masyado pa daw maaga at mura pa daw ang katawan namin para turuan kami ng mabibigat na tricks.

Kaasar!

Kailangan ko ng mabilisan. Panu saktan na naman kami ni Dad?

Pabagsak ako'ng humiga sa kama. Halos gumulong ako sa sobrang inis. Pero dala na rin ng pagod, kusang bumagsak ang mata ko at nakatulog ng mabilis.

Hindi ko alam kung ganu na ko katagal natutulog pero isang tinig ang gumising sakin.

"**Keifer... Wake up...**"

"**Mom?**"

"**Get up please... Kunin mo yung mga gamit mo.**" Utos nya at tuloy-tuloy na pumasok sa walk in closet ko.

Bumangon ako at kinusot ang mata ko. Dun ko nakita ng maayos si Keigan at si Mom na kinikuha ang mga gamit ko.

"**W-what are you doing?**"

"**We're leaving...**" Mabilis na sagot ni Keigan.

Leaving?

Nanaginip ba ko? Totoo ba to? Aalis na kami?

"**Please Keifer... Get up and help us.**" Sabi ni Mom.

Agad akong tumayo at tumulong sa kanila. Wala akong planong dalhin lahat. Kinuha ko lang yung mahahalaga at iniwanan yung mga hindi naman kailangan.

Gusto ko ng makaalis dito agad. Eto na yung gusto kong mangyari. Natupad na!

Agad kaming lumabas dala-dala ang mga gamit namin. Tinulungan kami ng ibang maid at butler para mailabas at maisakay yung gamit sa kotse.

"**Mom... Anu po bang nangyayari? Bakit po tayo aalis?**" I ask.

Hindi sumagot si Mom kaya tumahimik nalang ako. Baka kasi ayaw pa nya'ng sabihin sakin yung totoo.

"**I had enough with your Dad.**" She said that make me stop and look at her. "**...Inisip kong mabuti yung ginawa nya sayo. And i can't forgive myself for letting him do that to you.**"

Kita ko ang pagpunas ni Mom ng luha nya. It hurt more than the slap that Dad gave to me. And i hate myself for seeing her like this.

"**I'm sorry Mom.**"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Chapter 157

Keiren

Keifer's POV

New house. Hindi to kapareho ng dati naming bahay pero malaki din. Mas malaki nga lang yung dati.

"**Mom... Who lives here?**" Keigan ask.

"**No one. It's use to be my parents house but they are dead.**" Mom answer.

Huminto si Mom sa garahe. Ang lawak ng harap ng bahay. Dalawang babae at lalaki ang sumalubong samin.

"**Good Morning po Ma'am Serina!**" Bati nila kay Mom pagbaba namin ng kotse.

"**Good Morning din. Okay na po ba yung mga kwarto?**"

Sandali pang nag-usap si yung babae at si Mom. Kinuha naman nung dalawa'ng lalaki yung mga bag namin sa kotse.

"**Kuya...**" Tawag sakin ni Keigan. "**...Do you think there's a ghost here?**"

I shook my head. "**Ghost are not real.**"

Tapos ng mag-usap si Mom at yung babae. Sinenyasan nya kaming pumasok na. Sumunod naman kami. Sa totoo lang, ngayon ko lang na-reliaze na ang laki ng bahay para saming lahat.

Hinatid kami ni Mom sa magiging kwarto namin. Hindi rin to kalakihan kagaya sa dati kong kwarto pero mas gusto ko to.

Nakita ko si Keigan na nakatayo sa pinto ng kwarto ko.

"**Do you want to sleep here?**" I ask him.

Nag-nod naman sya at agad na lumapit sakin at humiga sa kama. Pero kahit pagod ako, hindi ko magawa'ng makatulog. Naninibago ako sa maraming bagay.

One question keep running in my mind. *What now?*

"**Angas ng bahay nyo!**" Percy said gladly.

"**Psh! Bata...**" Komento ni Yuri sa kanya.

Tinignan ko yung likod nila. Kulang kasi, wala si Aries.

"**Wala sya.**" Sabi ni Yuri ng mapansin nya'ng hinahanap ko yung wala sa kanila.

"**Bakit? Saan nagpunta?**"

"**Umuwi ng probinsya buong pamilya nila. May nangyari daw dun sa pinsan nya----*anu nga ulit pangalan nun?*----Jay-R? Jayson? Tsk! Basta may J!**" Percy explain.

May pinsan pala sya? Wala naman kasi sya'ng nababanggit.

Anyways, hinayaan ko nalang. Inaya ko silang pumasok sa loob.

Maraming maid at butler ang naglilinis. Binalik ni Mom yung mga dati nilang katulong para may makasama kami sa bahay.

"**Saan tayo pupunta?**" Percy ask.

"**I want to show you something.**" I answer and continue walking.

Dumiretso kami sa basement ng bahay at huminto sa tapat ng isang pinto. I open the door and it reviel my discovery.

Instant tambayan!

Kompleto ang kwarto na to. Billiard table, bar at the corner, sofa set and flat screen tv. Papalagyan ko nalang siguro ng malaking speaker at game console ang lugar na to.

Bigla nalang pumalakpak sa tuwa si Percy. "**Bro! Birthday ko naba?! Bakit mo ko nireregaluhan?!**"

"**Tss... This is for all of us. Not just for you.**" I said while shaking my head.

"**Panira ka ng moment sana sinakyan mo nalang.**" Sabi nya at tuloy tuloy na pumasok.

Hinayaan lang namin sya ni Yuri. Naiwan kaming nakatayo sa pinto habang pinag-mamasdan sya.

"**How is your Mom?**" Yuri ask me.

"**She's fine. A bit busy because of this house.**"

"**How about Keigan?**"

I pause. How is Keigan? He's not alright. Something is wrong with him.

"**I'm not sure.**"

"**Anu na palang balak nyo sa Dad nyo?**" Singit ni Percy sa usapan.

"Hindi pa kami nag-uusap ni Mom tungkol dyan."

I knock at my Mom's room door. No one is answer so I open it. Wala sya sa kama nya kaya naglakad ako palapit sa walk in closet nya, thinking that maybe she is there. Pero hindi pa ko nakakahakbang ng marinig ko'ng may sumusuka sa banyo.

"**Mom!**" I shout while running toward the restroom. "**...Mom! May problema ba?**"

I keep knocking the door pero hindi sya sumasagot. Nag-uumpisa na kong matakot sa nangyayari sa kanya.

May ilang minuto din siguro akong nakatayo lang don ng kusang bumukas ang pinto. Nakangiting humarap sakin si Mom.

"**Okay lang ako.**" Bungad nya sakin.

"**Kelan pa po naging okay ang pagsuka? Pumunta na po tayo sa ospital.**"

She shook her head and smile. "**Galing na ko don.**"

"**You do? Anung sabi nila?**" I ask worriedly.

Kahit wala na kami sa puder ng lalaking yun, nag-aalala pa rin ako sa kanya. Minsan kasi mas pinipili nya'ng tumahimik kesa sabihin samin yung nararamdaman nya.

"**Normal lang daw yun. Specially sa 2 weeks na buntis.**"

Buntis?

Speechless. That's what i am. I don't know what to say. Not that I'm not happy, it's just that I'm a bit shock.

Mom suddeny laugh at me. "**Yung itsura mo anak. Ayaw mo ba magkaroon ng kapatid?**"

I shook my head. "**Not that i don't want to. But.... I.... I... Don't exactly know what to say.**" I force a smile.

She hug me tight. "**Please... Help me take care of your new brother.**"

I hug her back. "**I will.**"

Ang laki ng tyan ni Mom. Ganun pala ang pagbubuntis. Then in a few months lalabas na yung baby.

"**Kelan po kayo manganganak?**" Keigan ask Mom.

"**In two months.**" She answer with all smile. "**...Are you excited to see Keiren?**"

I look at her confuse. "**Keiren?**"

"**That will be your Baby Brother's name. Mike Keiren Watson.**"

Nice name. Pero ang weird lang. Feeling ko obsess si Mom sa initial M and K.

My name is Mark Keifer, while Keigan is Mir Keigan then my new Baby Brother Mike Keiren. What's with the M and K?

One of the maid walk toward Mom and whisper to her ear. Mom nodded and force a smile.

"**May problema po ba?**" I ask her.

Tumayo sya at sinenyasan nya kami'ng sumunod. May kakaiba sa pakiramdam ko. Para bang hindi ko magugustuhan to.

Dumiretso kami sa lobby ng bahay. Bumukas ang pinto at laking gulat ko ng pumasok ang pinaka-kinamumuhian kong tao.

"**Anu'ng ginagawa nya dito?!**" Galit na tanung ko.

"**Keifer... That's still your Dad.**"

I look at him furiously. What is he doing here?! Hindi na dapat sya nagpunta dito! I hate him.

"**What do you need from us?!**"

"**Gusto ko lang mabuo ulit ang pamilya natin, magkakaroon na tayo ng bagong myembro kaya----**"

"**No!**" Sigaw ko. "**...Hindi ka welcome dito! Kaya umalis kana!**"

"**Keifer!**" Sita sakin ni Mom. "**...Don't talk to your Dad like that!**"

"**Mom! Please... Don't let this guy hurt us again.**"

"**I won't Keifer.**" Singit nya sa usapan namin. "**...I apologize for what i have done before.**"

Apologize?!

Ganun nalang yun? Sa lahat ng pananakit nya kay Mom sakin or kay Keigan? Apoligize?!

"**I will never accept your apologize----**"

"**Keifer! Hindi kita tinuruan ng ganyang asal!**" Galit na sabi ni Mom.

Napatingin ako sa kamay nya. Bigla nalang kasi humigpit ang hawak nya sa tyan nya. Ayoko'ng magalit si Mom, hindi maganda para sa kanya at kay Keiren. Baka kung anu'ng mangyari sa kanila.

"**S-sorry Mom.**"

"**Apologize to your Dad.**" Utos nya.

NO!

Tinignan ko si Mom ng may pakiki-usap. Ayoko! Hindi ko gagawin yun!

Please Mom!

"**Keifer... Apologize to your Dad.**" Pag-uulit nya.

Nag-kuyom ang kamao ko. *Nakakainis!*

"**I-I'm sorry... *Dad.***"

He win the war between us. He smile at me and spread her arms for a hug. Nang-manpansin nya'ng hindi ako gumagalaw, sya na ang lumapit at niyakap ako.

But i didn't hug him back. *NEVER!*

This will be the last time that i will apologize. Hindi'ng hindi ko na ibaba ang sarili ko ng ganun. Mark my word!

Pinili kong magkulong sa kwarto. Hindi ako makatagal na nakikita sila. Minsan pumupunta dito sila Yuri at Percy pero hindi rin sila nag-tatagal.

Gustohin ko mang mag-stay para bantayan si Mom, hindi ko magawa.

"**You can leave the house if you want to.**" Keigan said while standing at my door. "**...Tutal yun naman talaga ang gusto mong gawin.**"

"**What do you mean by that?**" Inis na tanung ko sa kanya.

Hindi sya sumagot. Lumakad na sya paalis. May kakaiba talaga kay Keigan, hindi ko alam kung anu yun pero akala ko nung lumipat kami okay na sya. Tapos ngayon eto na naman.

Pero napa-isip ako. Totoo naman yung sinabi nya, ayokong magstay dito sa bahay. Kinuha ko yung cellphone ko at tinext sila Aries.

Ang ikinaganda ng bahay na to, malapit lang ako sa kanila. Kahit taxi masusundo ako.

Nagbihis ako at agad na lumabas ng kwarto. Nasulubong ko pa si Keigan pero nilagpasan ko lang sya.

Kahit naman ayain ko sya, hindi rin sya sasama.

"**Where do you think your going?**"

Marinig ko lang ang boses nya, lalung nagmamadali ang paa ko sa paghakbang pero huminto ako para harapin sya.

"**Out with my friends.**" Bored kong sagot.

"**Hangang dito ba naman?**"

Hindi ako sumagot. Tinitigan ko sya ng diretso. Kung wala ka dito malamang hindi ako aalis.

"**...If I can't stop you, then fine. Go!**"

Hindi ko sumagot at agad na umalis ng bahay. Sa sobrang inis ko, nasipa ko nalang yung paso sa gilid.

Nakakainis! Malalabanan din kita! Tandaan mo yan!

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Chapter 158

Boss

Keifer's POV

"**Ayun si Boss!**" Sigaw ni Percy habang nakaturo sa grupo ng kalalakihan na nakikipag-away.

Si Angelo ang tinutukoy nya'ng Boss. I don't know where is that come from but it all started when he save us from a gang war.... again.

But honestly, i only call him Boss when i need something.

"**Tutulungan na ba natin sya?**" Tanung ni Yuri.

"**Hindi na. Kaya na ni Kuya yan.**" Aries said.

Binalik ko yung tingin ko kay Angelo. Yan ba yung '*Kaya*'? Halos hinakain na sa pakikipag-away.

"**Tara na... Nangangati yung kamay ko na makipag-away.**" Aya ko sa kanila at agad na nakisali sa pakikipag-away.

Sumunod naman sila sakin. Away ewan lang naman ang ginagawa namin. We already know how to fight back but that's not enough.

"**Anu'ng ginagawa nyo dito?!**" Galit na tanung nya samin.

"**Nakikisali sa away mo!**" Sagot ni Percy.

"**What the fvck?! Magsi-uwi nga kayo!**" Utos nya samin.

Hindi namin sya pinansin at nagpatuloy sa pakikisali sa away nya. Eto na ang naging buhay ko sa labas ng bahay. Mas gusto ko to kesa mag-stay sa bahay at makita yung pag-mumuka ng lalaking yun.

"**Aaarrgghhhh! Masakit!**" Sigaw ni Percy at Aries.

Batak-batak kasi ni Angelo ang patilya nila. As usual, kinakagalitan na naman nya kami dahil sa pagsali namin sa away nya. Dahil sa Percy at Aries ang nagdala samin sa kanya, sila ang unang kinagalitan.

"**Ang titigas ng ulo nyo!**" Sigaw ni Angelo sa kanila.

Tinignan nya kami ni Yuri kaya agad kaming umiwas. Hindi sa natatakot ako pero baka kasi-----*shit!*

"**Bakit kailangan mong mambatok?!**"

Napatingin ako kay Yuri na naghihimas din ng batok. Napaka-bilis nya, kanina lang hawak nya yung dalawa tapos ngayon nasa likod na namin sya.

"**Sinabi ko na sa inyo! Wala kayong mapapala sa pakikipag-away! Mag-aral kayong mabuti!**" Sermon nya samin.

Tss..

Ayokong mag-aral. Mas gusto ko sa labas ng school, kung saan ko matutunan lumaban.

"**Kaya naman namin lumaban kasabay ng pag-aaral!**" Pasigaw na sagot ni Percy kaya nakakuha sya ng masamang titig.

Magsasalita na sana si Angelo pero may biglang tumunog na cellphone. Pare-pareho naming kinuha yung mga cellphone namin pero isa lang ang nagsalita ng '*Hello*'.

"**...Kamusta mahal?**" Tanung ni Percy sa kausap nya.

Mahal?!

"**...Kumain ka ng maayos ah? Lumayo-layo ka sa mga classmate mong lalaki. Lulumpuhin ko sila, sige ka!**"

Habang nakikipag-usap sya, hindi namin maiwasan na itaas ang mga kilay namin. *Nakakadiri!*

Ngayon ko lang narinig ng ganito si Percy.

"**...ingat ka! I love you! *Ahihi.***" Sabi nya at tuluyan ng pinatay ang tawag.

Ngiti'ng ngiti pa sya habang tinitignan ang cellphone nya. He look so weird. Hindi ko expect na ganito sya kapag naka-girlfriend. Parang ayoko magka-girlfriend kung magiging ganyan ako.

"**May girlfriend ka pala?**" Tanung ni Aries.

Seryoso sya'ng tinignan ni Percy. "**Sorry Bro...**" Hinawakan pa nya ang balikat nito. "**...Wala talaga tayong pag-asa. Babae talaga gusto ko.**"

Malakas na batok naman ang sinagot sa kanya ni Aries. "**Gago! Hindi kita gusto! At hindi ako BAKLA!**"

Napapailing nalang kami sa inaasal nya. Pakiramdam ko lalung lumalala ang kakulitan ni Percy.

For the a second time, someone's phone ring and this time it's not Percy's.

It was mine.

"Hello?"

["*You need to go home... Now!*"] It was Keigan.

Hindi na nya hinintay ang sagot ko. He ended the call without saying why. But for some reason i know that this is about Mom and that guy.

I come home as soon as i can. Dumiretso agad ako sa kwarto nila Mom. Medyo malayo pa ko pero dinig na dinig ko na ang malakas na sigaw ng lalaki'ng yun at mga nababasag na gamit.

My heart bit so fast. I feel nervous and scared for my Mom. I run and immediately open the door.

"...I TOLD YOU! THAT'S MY MONEY!" He shout while holding my Mom's hair.

May pasa at dugo sa labi si Mom. Hindi na ko nakapag-pigil at agad na lumapit sa kanila. Buong lakas ko sya'ng tinulak.

Nabitawan nya si Mom pero ako naman ang pinagdiskitahan nya. Malakas na sampal ang binigay nya sakin.

Damn it!

"**ISA KA PA!**" He shout at me.

"**K-kaizer... Wag si Keifer!**" Mom shout while crying.

It makes me feel more angry. I don't wan't to see her cry again.

Mom!

"**WALA AKO'NG PAKI! IBALIK MO SAKIN ANG PERA KO!**"

"**That is not yours. Para yun sa mga bata! Alam mo yun.**" Sagot ni Mom sa kanya.

Pera na naman! Yan lang ba mahalaga sa kanya? Kaya nya ba kami nagagawang saktan? Nang dahil lang dun. Bakit ba ganyan sya?

"**M-muka kang pera!**" Pilit kong sigaw habang tumatayo.

"**What did you said?!**" Tinignan nya ko ng masama. "**...WHAT DID YOU SAID?!**"

"**Muka kang----**" Hindi ko na natuloy ang sasabihin ko.

Malakas na suntok ang tumama sa muka ko. Tumilapon ako, kasabay din non ang pagkahilo ko. Halos, mamanhid ang panga ko sa ginawa nya.

"**KEIFER!**" Mom shout. "**...Kaizer! Maawa ka sa anak mo!**"

"**Wag kang makikialam dito! Puno'ng puno na ko sa bata'ng yan!**"

Sinubukan kong tumayo pero nanginginig ang buo kong katawan. Bigla nalang nya kong sinipa sa tyan. Kulang nalang isuka ko lahat dahil sa ginawa nya.

"**Argh!**"

"**Kaizer! Tama na!**"

Panibagong sipa na naman ang binigay nya. Nasundan pa ulit yun ng dalawa o higit pa. Kahit pagsalag sa mga sipa nya hindi ko magawa sa panghihina.

"**Anak lang kita! Kung maka-pagsalita ka! Akala mo kung sino ka! Anu bang pinagmamalaki mo?!**" Sabi nya habang patuloy sa ginagawa.

Ito yun! Yun lagi kong pinaghahandaan, para mapagtanggol ko si Mom sa kanya. Halos lahat ata ng away kalye sinalihan ko na.

Pero bakit wala akong magawa? Hanggang pagtanggap sa mga sipa nya ang nagagawa ko.

Bigla nalang ako'ng nakarinig ng nabasag na bagay. Kasabay din non ang pagtigil nya sa pagsipa sakin. Tinignan ko sya at nakita ko na lang ang pagbagsak nya habang nakahawak sa ulo nya.

Si Mom!

Lumapit sya sakin at pilit akong tinatayo. "**Umalis kana! Ako ng bahala sa Dad mo!**"

"**H-hindi! Ayoko Mom! Hindi kita iiwan dito!**"

"**Umalis kana!**"

"**Hindi-----MOM!!**" Halos maubos ang boses sa pagsigaw.

Bigla nalang kasi sya'ng sinabunutan ng halimaw na yun. Galit na galit ang itsura nya.

Pinilit kong tumayo pero sobra ang panginginig ng katawan ko dahil sa mga sipa nya.

"**Pagod na pagod na ko sayong babae ka!**" Sabi nya at bigla nalang hinampas ang ulo ni Mom sa pader.

"**WAG!**"

May ilang beses nya pang ginawa yun. Hanggang sa bigla nalang bumagsak ang katawan ni Mom. Nakadilat sya at nakatingin sakin.

"**M-mom...**" Tawag ko sa kanya.

Wala akong nakuha'ng sagot. Dahil hindi ako makatayo, pinilit ko

nalang gumapang palapit sa kanya.

Sa bawat segundo'ng umaandar, lalong bumibilis ang tibok ng puso ko. *Wag naman sana*! Sa paglapit ko sa kanya, kita'ng kita ko ang pagpatak ng luha nya.

Hinawakan ko sya sa pisngi. "**Mom... Please... A-answer me.**"

May lumabas na dugo mula sa ilong nya. Sobra ang takot ko na makita ko yun. Kaya tinapik ko sya para gisingin kung tulog man sya o nawalan ng malay.

"**Mom! Please!**"

Pero hindi na sya sumasagot. Kusa nalang bumagsak ang mga luha ko.

Kasalanan ko to!

Nalaglag sa hagdan.... Ang pinaka-tanga at pinaka-bobong dahilan ng kamatayan para sakin. Lalu na para kay Mom.

Yun ang sinabing dahilan ng hayop na yun. Pinaniwalaan naman ng mga tanga at walang utak na pulis at doctor.

Internal Hemorrhage.

Yun ang kinamatay ni Mom. Pakiramdam ko, kasalanan ko lahat. Hindi ko man lang sya naipagtanggol sa lalaking yun.

"**Kuya... Where is Mom?**" Keiren ask me.

Yan ang pinaka-masakit na tanung na narinig ko galing kay Keiren. May ilang beses na nyang tinatanung sakin yan. Pero hindi ko masagot ng maayos.

"**She is in the better place now.**" Keigan answer and force a smile.

Napaka-hirap para sakin nito. Sobrang hirap!

"**Keifer...**" Someone called me.

It was Aries with Angelo and their Mom.

"**I'm sorry about what happen to your Mom. If you need something we're always here for you.**" Sabi ni Mom nila.

I force a smile and nod. "**Thank you.**"

Kasunod nila ang pamilya ni Percy. Hawak ng Nanay nila ang 1 year old na kapatid nya'ng babae. Katabi naman nya ang stepbrother nya'ng si Felix.

"**Pre...**" Sabi nya sabay tapik sa braso ko. "**...Kayo lang ang libing na may handang salad.**"

Facepalm!

Malakas na batok ang nakuha nya galing kay Felix. "**Wala sa lugar yung pagbibiro mo.**"

Kung hindi ko lang kaibigan tong nagkapatid na to. Ako na mismo ang magpapalayas sa kanila.

"**Pagpasensyahan mo na tong si Percy.**" Sabi ng Nanay nya.

"**Okay lang po. Sanay na.**"

Umalis na sila sa harapan ko. Sumunod naman ang pamilya ni Yuri. Agad na yumakap si Yoichi kay Keiren.

"**I'm always here for you Keiren.**" Sabi nya.

Halata'ng naguguluhan si Keiren kaya pilit nya'ng tinulak si Yoichi palayo. Pero mahigpit ang yakap nito.

"**If you need help with your brothers, we're here for you.**" Sabi ni Tita Yakito.

"**Thank you.**"

Napatingin ako sa isang lalaki'ng kakadating lang. Hindi sya pamilyar sakin kagaya ng ibang tao dito pero may iba sa kanya.

May dala sya'ng briefcase. Parang meron din sya'ng hinahanap.

Nagpaalam ako sandali sa pamilya ni Yuri. Nilapitan ko yung lalaki pero saktong pagtapat ko sa kanya at paglapit din sa kanya ng halimaw.

"**Mr. Brian Ryder...**" Tawag nya dito. "**...Napaaga ang dating mo. I'm expecting to see you next week.**"

Tinignan sya nung lalaking tinawag nya'ng Brian Ryder. "**Because i need to speak with your son. *Urgently*.**"

Son? Ako ba yung tinutukoy nya?!

"**I understand... Dito tayo.**" Aya sa kanya pero hindi sya gumalaw.

Tinignan nya ko. "**I need to speak to your son....**" Binalik nya ang tingin sa kaharap nya. "***...Only.***"

W-why me?!

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Chapter 159

Death wish

Keifer's POV

I don't understand!

"**H-how is this happen?**" I ask Mr. Ryder.

I have Millions----*No!* Billions of Money that i never knew.

Ang hindi ko maintindihan, pati Lolo't Lola ko na matagal ng patay iniwanan din ako ng mana. Hindi pa ko nabubuhay sa mundo'ng to pero may pera ng nakalaan para sakin.

"**Let say that your Grand Parents don't trust your Dad. Kaya sumugal sila sa magiging apo nila.**" Paliwanag nya sakin.

"**P-pero... I... I...**"

"**Speechless? Then let me explain everything to you.**"

Napatingin ako sa kanya ng kuhanin nya lahat ng papel na hawak ko. Umupo sya sa tapat ko.

"**100% of your Grand Parents asset and liabilities are all named after you. Your Mother's asset and liabilities is also named after you and your brothers...**" Tinignan nya ko sandali at tinuloy ang sasabihin nya. "**...Your Dad has no right to this or to your properties and your brothers as well.**"

Parang ayaw tanggapin ng isip ko yung mga sinasabi niya. Sakin iniwan ang lahat ng to?

"**But...**" He said that make me stop. "**...You'll have a full access to this.**" He raised the papers. "**...Once you reach the legal age of 18 years old.**"

Sumasakit ang ulo ko. Napakalaki ng pera'ng to. Saan ko gagamitin

to? Hindi ko alam kung kaya ko ngang humawak ng ganito kalaking halaga.

"**Keifer?**" Tawag nya sakin.

"**S-sorry... I just... I can't believe this.**" I said and brush my hair using my hands. "**...I don't know if i can manage this.**"

Tinignan ko pa yung ibang papel na nasa lamesa. Lalu ako'ng natigilan ng makita ko ang mga nakalagay don.

"**W-what is this?! Company? Anu'ng kumpanya?! Bakit sakin din nakapangalan to?!**" I ask in shock.

Anu ba to?! Hindi ko na kaya.... Pakiramdam ko sasabog ang utak ko sa mga to.

"**It looks like your not ready for this.**" Sabi ni Mr. Ryder at inayos lahat ng mga papel. "**...I knew your too young but your mother insisted this to me.**"

"**My Mom?**"

He look at me seriously. "**Your Mom is a friend of mine. Four years ago, at the exact date of your brothers birth----which is Keiren----he called me and talk about her last will and testament.**"

She did that, but why?

"**...She is worried about you and your brothers. She knew that your Dad will never take cared of you once he get what he want.**"

It makes me more depress. All this time, Mom knew what might happen. Her life is at risk and where am i? Outside the house avoiding them.

I'm useless. Wala ako'ng kwentang anak. Hinayaan ko lang na mangyari sa kanya to tapos hindi ko naman din sya natulungan sa huli.

"**Mom...**" I whisper.

May inabot sya'ng maliit na papel sakin. "**Call me if your ready.**"

"**Asan yung Ama mo?!**" Inis na tanung ko kay Keigan.

"**N-nasa kwarto nya. Meron sya'ng kasama.**"

Napahawak ako sa sintido ko. Alam kong ibig nya'n sabihin. Mabilis akong naglakad papunta sa guest room kung saan nya madalas dinadala ang bisita nya.

Hindi na ko kumatok at agad na binuksan ang pinto. Kagaya inaasahan, naabutan ko sila sa hindi maganda'ng eksena.

"**Keifer! Don't you know how to knock?!**" Inis na sabi nya sakin.

Agad na tinakpan ng babae'ng kasama nya ang sarili gamit ang kumot. Napataas ang isang kilay ko. Napaka-bata ng muka ng babae. Muka lang sya'ng 18 o mas bata pa.

"**Ikaw! Hindi kaba marunong rumispeto?! Wala pang isang buwan na nailibing si Mom!**" Galit na sagot ko sa kanya.

"So? She is dead. Hindi na sya mabubuhay kahit anung gawin mo!"

Yeah! She is dead because of you! Padabog kong sinara ang pinto. Nasuntok ko nalang ang pader sa sobrang inis.

Bakit ba kasi si Mom ang nawala samin? Bakit hindi nalang sya? Sobrang nakakainis! Hindi ko na kaya'ng magtiis sa kanya.

Agad akong pumunta sa kwarto ko. Naibato ko nalang ang ilan sa mga gamit ko. Bakit ba kasi sya pa ang naging Ama ko?

Napaupo ako sa sahig sa gilid ng kama. May ilang beses kong nasabunutan ang sarili ko.

Mom! I don't know what to do!

Then i remember something or should i say someone. Agad kong hinanap ang calling card na iniwan nya sakin.

Hindi naman ako nahirapan dahil sa study table ko lang yun. Mabilis kong tinawagan yung number.

["*Hello?*"] Sagot nya mula sa kabilang linya.

"Mr. Ryder... It's me, Keifer."

["*I guess your ready.*"]

I'm not fvcking ready!

Mas komplikado pa to kesa sa iniisip ko. Pakiramdam ko mababaliw ako. I'm a teenager but i feel like 30's because of this information.

"**...Do you understand?**" Mr. Ryder ask.

"**Hmmm... Yes?**"

Napabuntong hininga si Mr. Ryder. "**Let's start all over again.**"

Kinuha nya lahat ng papel sa lamesa. Pati yung hawak ko, kinuha din nya.

Binaba nya ang isang papel sa harap ko. "**This is your total asset and liabilities.**" Nagbaba ulit sya ng panibagong papel. "**...This is the monthly earn of the Watson Enterprise. Kahit hindi ka magtrabaho, sayo pa rin ang bagsak ng kita ng kumpanya.**"

Naiintindihan ko na yung part na to. Kahit wala akong gawin, sakin papasok ang kita ng kumpanya.

Nagbaba na naman sya ng panibagong papel. "**This is the only amount that you will recieve every month. Since you don't have the full access yet.**"

"**Okay... Like an allowance.**" I said to him.

He nodded at me. "**You can consider it as an allowance.**"

Tinignan ko yung huling papel na binaba nya. Nanlaki ang mata ko. Consider as an allowance? Joke ba to? Sinong tao ang may

allowance na 200k every month?

Tinignan ko din yung kila Keigan at Keiren. Maliit yung sa kanila, siguro dahil mas bata pa sila. Pero bakit sakin din ang bagsak ng pera nila?

"Bakit po sakin parin ang punta ng pera nila?"

"Dahil nasa puder mo sila. Unless nalang balak mong ipaalaga ang mga kapatid mo sa iba, sa kanila namin ipapadala ang pera."

I understand. Marami pa sya'ng ipinaliwanag sakin. Nalaman ko din, na kahit sakin naka-pangalan ang lahat may chances pa rin na makakuha ng access yung halimaw. Lalu na sa pera nila Keigan at Keiren.

Pero hindi lang naman yun ang inaalala ko at gusto kong malaman.

"May karapatan po ba kong magpalayas sa bahay na to?"

He look at me confuse. **"Yes... This house is name after you."**

"Kahit sya?"

Alam nya kung sinong tinutukoy ko. Hindi na ko makakatagal na andito sya sa bahay at kasama namin. He disrespect my Mom. Wala pang 40days pero nagdala na kagad sya ng babae.

"Alam mo naman siguro na wala ka pang legal age. Under the law, kailangan mo ng gaurdian." Paliwanag nya sakin.

Alam kong sasabihin nya yan. Start from the time that i called him, i keep thinking about it.

"Panu kung sa last will ni Mom, ibinigay nya ang custody sa iba?"

"Wala yun sa last will ng Mom mo."

I look at him seriously. **"Wala nga ba?"**

He sit up straight and cleared his throat. "**I don't like what you're thinking.**"

"**Nowadays, everything can be fake.**" I said and run my hands on the paper. "**...Name it after one of the trusted maid and butler of my Mom.**"

"**Keifer... You know----**"

"**I know. Alam ko din na pwede tayong makasuhan.**" I smirked. "**...But what's the use of law when you have money.**"

No one dare to question my Mom's death because that Monster has a lot of money. He played dirty, so am i.

"**...I need to fight back. Kung hindi ko sya malabanan ng pisikalan. Dadaanin ko sa ibang paraan.**"

Mas makapangyarihan ang last will and testament. Kaya'ng kaya nitong baliin ang ilan sa mga batas.

Huminga ng malalim si Mr. Ryder. Alam kong alam nya ang paghihirap ni Mom. Sya lang ang pag-asa ko, sya lang ang makakatulong sakin dito.

"**As you wish Mr. Watson.**" Sagot nya sakin.

Hindi sana ito ang paraan na gusto ko, pero kailangan. Para kay Mom at sa mga kapatid ko.

"**Kuya!**" Keiren shout.

I just came home from school. I was confuse when he run toward me crying.

"**What happen?**"

"**Si Dad! Umalis sya... Sinama nya si Keigan!**"

I look at one of the maid. "**Is that true?!**"

"**Opo... Sir. Dala po nya yung mga gamit ni Keigan.**" Sagot nya sakin habang nakayuko.

"**At wala man lang kayong ginawa?!**" Galit na tanung ko.

Nasabunutan ko nalang ang sarili ko sa sobrang galit. Agad kong kinuha ang phone ko at tinawagan si Mr. Ryder.

["*Keifer?*"]

"**Hawak nya si Keigan! Kinuha nya si Keigan sakin!**" I shout out of frustration.

["*Relax... Baka naman nag-out of town lang or business trip.*"]

"**No! You don't understand. Alam na nya na wala syang makukuha sa mana! He kidnapped my brother!**"

Halos maluha ako sa mga sinasabi ko. Alam kong may balak sya. Hindi pwedeng wala. Panu kung may gawin din sya kay Keigan?

["*Huminga ka muna Keifer. Papunta na ko dyan.*"] He said and ended the call.

Tinignan ko ng masama ang mga maid at butler. **"MGA WALA KAYO'NG KWENTA! UMALIS KAYO SA HARAPAN KO!"**

Napatingin ako kay Keiren na umiiyak pa rin. Nilapitan ko sya at niyakap. Kailan ba sya titigil sa pagpapahirap samin?

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. 😈 + +

Chapter 160

Know

Keifer's POV

Present....

Umiiyak sya. Gusto kong sya'ng yakapin at patahanin pero mas nanaig sakin ang pagtataka.

Seriously?

What the hell is wrong with this girl? I told the story of my past because i trusted her but i never expect that she will cry.

"**S-sorry... H-hindi ko lang mapigilan.**" Jay-jay said.

I look away and scratch the back of my head. "**Please... Stop crying Jay.**"

Pero lalo lang lumakas ang iyak nya. Nasampal ko nalang ang noo ko.

"**Jay...**"

"**A-ang tapang mo.**" She said that make me stop and look at her. "**...Akala ko. Worse na yung kwento ng buhay ko. Pero mas malala pa pala yung sayo.**"

Pity....

What most people say or give to me. Which i don't like and never like. Akala ko yun din ang ibibigay nya sakin. Hindi ko inaasahan ang sinabi nya.

I hold her cheek and wipe her tears. "**Thank you for listening to me.**"

"**Thank you din... Kasi nagtiwala ka sakin.**" She smile at me.

I kiss her forehead. Natawa pa ko dahil bigla nalang sya'ng natigilan. She look so cute.

Umiwas sya ng tingin. She cleared her throat. "**P-panu mo nabawi si Keigan?**"

"**Hindi ko sya nabawi... They came back few years after. Kasama na rin nya ang bago nya'ng asawa.**" I release a heavy sigh. "**...Dun na ko napuno at lakas loob na palayasin sya sa bahay.**"

"**Kaya pala... Ikaw lang ang anak na nagpalayas sa ama.**"

Bahagya ako natawa sa sinabi nya. "***Kakaiba,* right?**"

Nag-nod naman sya. Napatingin ako sa wrist watch ko. It's already 10pm. Baka mapansin na sya ng mga kasama nya sa bahay lalu na si Angelo.

"**I need to take you back. It's late already.**"

I start the engine. Tahimik lang sya sa buong byahe. I stop the car at the same spot where i pick her up. Hindi ako pwedeng huminto sa tapat nila. Baka may makakita samin and Jay-jay don't want that.

"**Dito na lang. Goodnight na.**" She said and about to open the door, but i stop her. "**...B-bakit?**"

"**Your no longer mad at me?**"

She shook her head. "**Hindi na. Haba ng kwento mo, nawala na inis ko.**"

Smile and move slowly toward her. "**Baka pwede ng...**"

"**Ayaw!**" Mabilis nyang sabi at tinakpan ang bibig.

You gonna be kidding me!

"**I thought your not mad at me anymore?**" I ask in disbelief.

"**Amoy ka ngang sigarilyo!**"

She is really serious about that. Wala akong nagawa kundi tignan sya ng may inis pero sya nakangiti lang sakin.

"...Kung gusto mo ng kiss, wag ka manigarilyo. Tapos ang usap!"

She open the door and get out of the car. Hindi man lang nya tinignan at dire-diretsong pumasok sa gate nila.

I start the engine and drive back home. May ilang minuto na siguro ako sa byahe ng marinig ko yung phone ko.

Text message.

Hindi ko muna pinansin at sa bahay ko nalang titignan. Nasa tapat na ko ng bahay, waiting for the gate to open. My phone ring again, another text message.

Out of curiousity I pick my phone and open the message. It was from Jay-jay. Maybe she miss me already.

But i'm wrong...

I look at it twice, making sure i'm reading it correctly.

From: *Sexy Jay-jay*
Message: '*Alam na nya...*'

'*...Alm na ni Aries yng tungkol stin.*'

+ +

Jay-jay's POV

Tingin sa kanan, sa kaliwa, sa kisame at sa apat na sulok ng kwarto. Basta wag tatama sa tingin ni Aries. Andito ako ngayon sa kwarto

nya.

For the first time in history....

Feel kong magpamisa bukas. Ngayon lang nya ko hinayaan na magtagal sa kwarto nya. Hindi kami pwede sa kwarto ko, andun si Ci-N. Hindi rin pwede sa labas, baka may makarinig samin.

Ang dami palang libro sa kwarto nya. Nagbabasa pala ang horoscope na to? Kala ko puro pag-ibig nya lang kay Ella ang inaatupag nya.

"**Hindi ka talaga magsasalita?**" Mahinahon nya'ng tanung.

Inikom ko yung bibig ko sabay yuko. Hindi ko alam na nakita nya kong bumaba sa kotse ni Keifer. Handa na sana ako'ng magpalusot pero bigla nya'ng sinabi na '*pangalawa na daw to*'. Nakita nya din yung dati. Kaya eto kami ngayon, interogation keneme.

"**Jay...**" Tawag nya sakin.

Tingin ulit sa kisame. *Walang agiw, nice!*

"**Jay-jay...**"

Tingin sa sahig. *Ang kintab, nice!*

"**Jay-jay!**"

Tingin sa sulok ng kwarto. *May multo, not nice!*

Bigla nalang nya'ng hinampas yung lamesa kaya nagulat ako. Handa na sana ako'ng magmura sa pagkabigla buti nalang natakpan ko yung bibig ko.

"**Anu ba!**" Inis na sabi nya. "**...Hindi ka ba aayos?!**"

"**M-maayos naman ako ah?**"

Sige lang, mamilosopo kapa. Mamaya lang may kutos kana galing sa kanya.

Hindi kayo nakakatulong! Mga peste sa utak! Mga bulate! Mga

parasite! Kinakain nyo minerals ng utak ko! Kaya tuloy wala akong masagot kapag Quiz!

"**Are you even listening?!**" Tanung ni Aries.

Nag-nod naman ako. "**Oo! Sabi mo bababa na ang singil sa kuryente.**"

Sa sobrang inis umamba na sya ng batok sakin. Agad ko namang hinarang ang braso ko at bahagya'ng lumayo sa kanya.

Tinignan nya ko ng masama. Binaba din nya ang kamay nya at napahawak na sa sintido nya.

"**Anung meron sa inyo ni Keifer?**" Mahinahon nya'ng tanung.

Para syang si Kuya Angelo sa ginagawa nya. Magkapatid talaga sila.

"**Be specific.**" Sagot na nagpagalit sa kanya.

Bigla nalang syang lumapit sakin at hinawakan ako sa kwelyo. "**Sinasagad mo ba talaga ako?!**"

"**H-hindi.**"

"**Sagutin mo tanung ko sayo kung ayaw mong isumbong kita kay Kuya!**"

Nakaramdam ako ng takot. Talaga'ng gagawin nya yun. Nangilid din ang luha ko, nagbabadya'ng bumagsak dahil sa kanya.

"**H-hindi ko masabi... Wala'ng malinaw na usap. Basta gusto namin ang isa't isa.**"

Binitiwan nya ko at tinignan ng seryoso. "**Naniwala ka naman?**"

Taka akong napatingin sa kanya. "**A-anung...**"

"**Nilolоko ka lang nya!**"

Natigilan ako. A-anung nilolоko? Anu bang sinasabi nito'ng horoscope na to?

"**...Your so stupid!**" Sigaw nya sakin.

Bumagsak ang luha kong kanina pa nakatambay sa gilid ng mata ko. Gusto ko itanung sa kanya yung sinasabi nya pero ayaw bumuka ng bibig ko.

"**Magpinsan tayo Jay! Obvious naman na ginagamit ka nya para makaganti sakin.**"

Oo nga pala, magkagalit sila. Pero never na pumasok sa isip ko na sasabihin sakin ni Aries yun.

"**Hindi nya gagawin yun.**" Madiin kong sabi.

"**Mag-isip ka nga!**"

"**Hindi nya gagawin yun! Panu nya ko gagamitin?! Sige nga!**" Inis na sabi ko dahilan para lalong magsalubong ang kilay nya.

"**I know Keifer. Handa sya'ng gawin lahat makaganti lang sa umagrabyado sa kanya.**"

Tumawa ako ng mapait. "**Yun na yung basehan mo? Panu nya ko gagamitin kung hindi nga tayo magkasundo?! Wala ka ngang pakialam sakin diba?!**"

Tumigil sya, nawala din ang salubong na kilay nya pero nakatitig pa rin sya sakin. Sinabayan ko ang titig na binibigay nya pero hindi matiis ng mata ko na hindi magbagsak ng luha.

Ako yung nasaktan sa sinabi ko. Masakit kasi, yung Aries na lagi akong pinupuntahan sa bahay dati, lagi'ng nakikipaglaro sakin, lagi'ng may pasalubong at laging sanasabi sakin na ipapakilala nya ko sa mga kaibigan nya. Nawala na yung Aries na yun at napalitan ng Aries na walang pakialam sakin.

"**Basta alam ko.**" Mahina nyang sagot.

Tama nga!

Sinisiraan lang nya si Keifer sakin.

"**Hindi ako naniniwala sayo.**" Sabi ko at agad na naglakad palapit sa pinto pero napahinto din ako ng magsalita sya ulit.

"***I love you to infinity and beyond.***"

Yun yung...

"**...Yan din ang sinasabi nya sayo. Tama ako?**"

Hinarap ko sya na may halong inis at pagtataka. Panu nya nalaman yun?

"**...Because that's the exact words that he said to Ella.**"

Parang may kung anung sumaksak sa puso ko. Bumagsak na naman ang mga luha ko pero bago pa sya makapag-salita ulit, mabilis akong lumabas sa kwarto nya.

Halos hindi ako makahinga. Sobrang sikip ng dibdib ko. Anu bang nangyayari sakin?

Anu ngayon kung yun din yung sinabi nya kay Ella? Hindi ibig sabihin nun na niloloko nga nya ko. Papansin lang tong horoscope na to!

Hindi nya ko niloloko. Pinagkatiwalaan nga nya ko. Sinabi nya sakin ang buhay nya, ang nangyari sa kanila ng Dad nya. Kaya panu mangyayari yung sinasabi nya?

Hindi ako makapaniwala na kaya'ng gawin ni Aries yun. Sa galit nya kay Keifer talaga'ng sisiraan nya pa sakin.

Pero pano kung totoo?

Hindi! Hindi magagawa ni Keifer yun. Naglakad na ko pabalik ng kwarto ko. Tulog na si Ci-N, hindi na siguro nya ko nahintay. Kinuha ko yung phone ko at tinext si Keifer.

May ilang minuto lang at agad sya'ng tumawag sakin. Huminga muna ko ng malalim para hindi nya mahalata na umiyak ako.

"**Hello...**"

["*Umiiyak ka ba?*"] Bungad nya sakin.

"**H-ha?**" Taranta kong sagot.

["*Your voice sounds different. Did he said something that make you cry?*"]

"Wala... Kinagalitan lang nya ko."

["*Babanatan ko nalang sya para sayo.*"]

Nanlaki yung mata ko sa sinabi nya. Sira-ulo talaga!

"**Tumigil ka nga.**" Halos tumaas ang boses ko.

Pinipigilan kong sumigaw at baka magising na naman ang bata'ng kumag.

["*I'm dead serious Jay. If i need to face everyone in your family just to prove them that i love you... I will.*"]

"**Keifer...**"

["*Kahit magsuntukan pa kami ni Angelo at Aries. Lalaban ako.*"]

Napangiti ako sa sinabi nya. Kaya hindi ako naniniwala kay Aries. Alam kong hindi nya magagawa.

"**Thank you.**"

["*Mali!*"] Sabi nya na nagpataas ng kilay ko. **["*...Dapat sabihin mo... 'I love you'.*"]**

Bahagya akong natawa. Kumag talaga!

"**Parang kang sira.**"

Narinig ko yung bahagya'ng pagtawa nya. **["*...I love you Jay. To infi----*"]**

"**Keifer.**" Putol ko sa sasabihin nya.

Nakaramdam kasi ako ng pagka-ilang. Hindi sa naniniwala ako sa

sinabi ni Aries pero kasi may kakaiba sa pakiramdam ko.

["*Is there a problem?*"]

"W-wala... Gusto ko lang sana'ng anu... Yung... Kasi..."

["*Jay?*"]

"Palitan natin yung karugtong ng 'I love you'. Common na kasi yan."

["*Tss... Arti!*"]

Yung sa halip na mainis dahil dun sa '*Tss*', natawa ako bigla. Ang landi kasi ng pagkakasabi nya ng '*Arti*'.

["*Tawa pa... Tuwa'ng tuwa ka.*"] Iritable'ng sabi nya na lalung nagpalakas ng tawa ko.

"Ang landi mo kasi."

["*Mahal mo naman.*"]

Hala sya!

Bigla nalang ako natigilan. Huli ako dun ah! Walang palag.

["*...Ito nalang, para wala kang reklamo. I love you Jay, until scientist find the end of the universe.*"]

Haba! Daming alam nitong Hari ng mga Ulupong. Saan naman nya kaya nakuha yun?

"Diba... Infinite ang universe?"

["*Exactly!*"]

Napakagat nalang ako sa ibabang labi ko. Ang lakas talaga ng trip nya sa buhay. Ako naman tong mukang tanga... Kilig na kilig!

Ang landi.. bow!

Bigla sya'ng tumahimik at ramdam ko ang pag-seryoso nya.

["*...Don't worry Jay. If Angelo find out about our relationship, I will talk to them. May kasama nga lang siguro'ng suntukan.*"] Natawa ako sa huling sinabi nya at ganun din sya. **["*...I love you Jasper Jean Mariano, until scientist find the end of the universe.*"]**

Ang sarap pakinggan. Lasang cheescake----*charot!*

"**Mark Keifer Watson. I love...**" nakaramdam ako ng presensya ng tao sa likod ko kaya napalingon ako agad. "**...CI-N!**"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. 😈 + +

Chapter 161

Words

Jay-jay's POV

Feel kong manapak. Kung hindi lang talaga.... *Haizt!*

"**Tsakit...**" Bulong ni Ci-N habang hinihimas ang tenga nya.

Kasalanan naman nya! Nakikinig sya sakin at sa kausap ko sa phone. Sa sobrang inis ko, hinatak ko yung tenga nya. At kahit nakatulog na kami at lahat-lahat, iniinda pa rin nya yung sakit.

Pisti kasi!

"**Kabila naman... Para pantay.**" Sabi ko at agad naman nya'ng tinakpan ang kabilang tenga nya.

"**Ayaw.**" Sabi nya.

Inirapan ko nalang sya at naglakad na palabas ng kwarto. Kakain na kami ng almusal at may pasok pa. Sa totoo lang wala akong gana. Dahil sa nangyari kahapon.

Kapag naalala ko yung muka nung Dylan na nanutok sakin ng baril, nanginginig na naman yung tuhod ko.

Umurong yung tapang ko. *Badtrip!*

Bigla nalang ako'ng inunahan ni Ci-N sa paglalakad. Tinatakpan pa rin nya ang tenga nya. Mukang gutom na gutom ang loko.

Napatigil ako sa paglalakad ng makita ko si Aries. Masama ang tingin sakin----na hindi na bago sakin.

Tinuloy ko yung paglalakad at lalagpasan na sana sya pero bigla sya'ng nagsalita dahilan para harapin ko sya ng tuluyan.

"**Si Yuri.**"

Anu'ng...

"...Ikakasal ka na sa kanya."

Sampal sakin ang mga salita'ng yan. Ipinapa-alala yung panloloko'ng ginagawa ko kay Yuri.

Sumisikip ang dibdib ko. Para ako'ng sinasakal habang nakatingin sa kanya.

Tumawa ng mapait si Aries. **"Ang ganda mo naman..."**

Oo naman! Inggit ka?!

Insulto sakin ang tono ng pananalita nya. Agad na nagsalubong ang kilay ko.

"...Ikakasal ka na kay Yuri tapos may Keifer ka pa? Ibang klase." Umiiling pa sya habang naglalakad palayo sakin.

Bukod sa inis dito sa horoscope na to, isa lang ang nasa isip ko ngayon. Sasabihin ko na kay Yuri ang totoo. Ayoko na sya'ng lokohin. Hindi yun ang intensyon ko at ayoko ng dagdagan yung kasalanan ko sa kanya.

Nakapag-almusal ako na tulala. Kahit sa pag-ligo at pag-aayos wala rin ako sa sarili. Hindi ko alam kung panu pero hangat maari, ngayong araw ko na ipapaalam sa kanya.

"Jay-jay." Tawag sakin ni Ci-N habang naglalakad. **"...Hindi ka nakikinig."**

"S-sorry. May sinasabi kaba?"

"Ay wala..." Sarkastiko nya'ng sagot kaya medyo nainis ako. **"...Dami kong sinabi. Naubos na kagwapuhan ko dito."**

Napakamot ako ng batok. *Anu daw?!*

"Gwapo kaba?"

Bigla nalang pumungay ang mata nya. **"Wag mo masyado**

pagsigawan. Sikreto ko yan eh."

Yung mapapa-*tang'na* ka nalang bigla dahil sa kakapalan ng muka nya. Hindi na ko nagsalita at nagtuloy na sa paglalakad.

Pagdating sa school, nagkakagulo ang mga istudyante dahil sa kagandahan ko----*Joke!*

Malapit na kasi yung retreat keneme ng school. Saksakan ng aga! Nauna pa sa Valentines.

Pagdating sa room hinanap ng mata ko si Yuri. Wala sya, ito yata ang unang beses na nauna ko sa kanya. Madalas kasi sya ang nauuna sa lahat.

Pag-upo ko, kinuha ko agad ang cellphone ko na sana pala kanina ko pa ginawa. Nagtext pala sya sakin.

From: *Yuri*
Message: '*Can't go to school. I hve fever. Pls take care of yourself.* 🤒'

Kinginames!

Kung kelan naman! Hanep yan! Anu ba?! Pvtcha!

Hay! Dapat kasi ngayong araw na dapat sabihin. Hindi na dapat patagalin. Mukang kailangan ko sya'ng puntahan.

Tulala... Kasalanan bang humingi ako sa langit ng isang-----huh?!

Anak ng pota! Napakanta nalang ako bigla. Dumating kasi si Sir Alvin at Keifer ng hindi ko namamalayan. Ang layo na ng narating ng diwa ko. Nasa pluto na yata.

May bigla nalang pumitik sa tenga ko. Sa sobrang sakit napasigaw nalang ako.

"Kingina! Masakit!"

Pinagtinginan agad ako. Masama din ang tingin sakin ni Sir Alvin. Tumingin ako kay Keifer na pilit tinatago ang ngiti nya.

Hayop!

Inaano ko ba sya? Namimitik ng tenga ang gago. Napayuko nalang ako. Busit tong Keifer na to! Out of nowhere bigla nalang mang-gaganun.

Gusto ko gumanti pero hindi yun ang inaalala ko. Iniisip ko yung dapat kong sabihin kay Yuri. Kung pano ko uumpisahan.

Hanggang sa mga sumunod na subject, wala pa rin ako sa sarili. Ilang beses na ko tinatanung nila Ci-N pero hindi ako makasagot.

Kahit si Keifer nagtataka na rin. Dumating ang oras ng uwian. Inayos ko na yung gamit ko at akmang tatayo pero hinawakan nung Hari yung kamay ko.

"**Stay.**" Utos nya.

Tatanggi sana ako. Kailangan kong puntahan si Yuri pero bigla nalang naging seryoso yung itsura nya. Napilitan akong maupo ulit.

"**Jay! Tara na?**" Tanung ni Ci.

Si Keifer ang sumagot para sakin. "**Mauna ka na. May pag-uusapan lang kami.**"

Kahit nagtataka sinunod nalang nya. Wala ng tao sa room. Tinignan ko yung kumag at hinintay ang sasabihin nya.

"**B-bakit? Anung pag-uusapan natin?**" Tanung ko.

"**Kung anung problema mo. We notice that your not in yourself.**"

Tsk!

Ayoko sana sabihin pero siguro dapat din nya'ng malaman.

"**Kasi... Iniisip ko kung panu sasabihin yung totoo kay Yuri.**" Sagot ko.

"**What do you mean?**"

"**Nagi-guilty na kasi ako. Ayoko ng lokohin si Yuri.**"

Yumuko sya. "**I understand. Kahit ako nahihiya na rin sa kanya.**" Huminga sya ng malalim. "**...Bakit kasi iisang babae na naman yung nagustuhan namin?**"

Napakagat ako sa ibabang labi ko. Yung imahe ni Yuri nung nasaktan sya kay Ella, naglalaro na naman sa isip ko. *Mauulit na naman.*

"**Pupuntahan ko sana sya ngayon.**" Sabi ko at tinignan ako ng Keifer ng makahulugan. "**...Sasabihin ko na.**"

Bigla nalang sya'ng tumayo at naglakad palabas ng room. Agad akong sumunod sa kanya.

"**Ihahatid kita.**" Sabi nya habang patuloy sa paglalakad.

Nakarating kami sa parking at kita'ng kita ko si Aries habang kaakbay si Ella. Para bang sinadya nilang pumwesto sa tabi ng kotse ni Keifer.

Tinignan ko sila pati na rin yung Hari pero wala'ng bakas na apektado sya sa kaharap namin. Sumakay sya sa kotse kaya naman sumunod ako.

Sandali ko tinignan si Aries at nag-tama ang tingin namin. Hindi rin nakaligtas sakin ang tingin ni Ella kay Keifer.

Sundutin ko kaya MATA nito?!

Umandar ang kotse. Tahimik lang kami sa buong byahe. Gusto ko sana itanung kung apektado pa rin sya dun sa dalawa pero ayokong magsimula ng usap at baka pag-awayan namin.

Yun din kasi'ng sinabi ni Aries. Ayaw pa ring mawala sa isip ko. Kumbinsido naman ako na hindi nya ko niloloko pero kasi.... *Kainis!*

Natatanaw ko na yung building nila Yuri. Habang papalapit kami, lalu nama'ng bumibilis ang tibok ng puso ko. Pagdating sa parking, hindi muna ko bumaba. Humugot muna ko ng lakas ng loob.

"I'll stay here. Baka magsutukan lang kami pagnagkataon." Sabi nya.

Nag-nod naman ako. **"Salamat."**

Bumaba ako ng kotse at lumapit sa elevator. Nakatingin ako kay Keifer habang hinihintay na bumukas yun. Nagpilit lang sya ng ngiti sakin.

Agad akong sumukay pagbukas ng pinto. Pinindot ko din yung floor number nila Yuri. Ang bilis magpawis ng kamay ko. Hindi ko alam kung dahil sa mainit sa elevator o dahil sa sobrang kaba.

Pagbukas ng pinto, apat na babae'ng nakakimono ang sumalubong sakin. Hindi kasing dami ng sumasalubong samin dati. Yumuko sila at binati ako ng pvnyeta'ng lengawahe'ng hindi ko maintindihan.

Yumuko nalang din ako at bumati sa kanila-----in Tagalog. Hinanap ko yung Young Master nila. Tinuro naman nila ko sa kwarto nya.

Buti nalang medyo pamilyar na ko sa pasikot-sikot dito. Hindi na ko nahirapan na puntahan sya. Kumatok ako pero walang sumagot.

Gusto kong umatras. May sakit kasi sya, baka hindi maganda'ng time to para kausapin sya.

Ngayon na dapat!

Putik! No choice talaga. Binuksan ko yung pinto. Expected ko na nakahiga sya sa kama at tulog, may sakit kasi. Pero wala sya, napatingin ako sa balkonahe. Bukas ang sliding door at sumasayaw ang kurtina'ng nakahawi pero tinatamaan ng hangin.

Everybody loves the things that you do
From the way you talk to the way you move
Everybody here is watching you
'Cause you feel like home
You're like a dream come true

Naglakad ako palapit don. Nakita ko si Yuri na nakaupo sa isang bangkuang mahaba na gawa sa kawayan. Nakatalikod sya sakin, may hawak na gitara at kumanta.

"***But if by chance you're here alone***
Can I have a moment before I go?
'Cause I've been by myself all night long
Hoping you're someone I used to know..."

Katulad ng dati, ang sarap pakinggan ng boses nya. Kung tutuusin, halos pareho talaga sila ni Keifer. Magkaibigan nga kasi.

"***You look like a movie***
You sound like a song
My God, this reminds me
Of when we were young..."

Pareho silang matalino, medyo bossy, tahimik at may talent sa pagkanta. Gwapo din sila pareho, mahilig sa basag ulo, hindi rin sila ng aagrabyado at higit sa lahat hindi sila mahirap mahalin.

"***Let me photograph you in this light***
In case it is the last time
That we might be exactly like we were
Before we realized..."

Kusa nalang bumagsak ang mga luha ko. Kung pwede ko lang sana'ng turuan ang puso ko. Ayoko sya'ng saktan, ayoko ng maulit sa kanya yung naranasan nya'ng sakit.

"***We were sad of getting old***
It made us restless
It was just like a music
It was just like a song."

Sobrang daya kasi! Gusto ko din sya'ng maging masaya pero masasaktan lang sya sakin. Akala ko kaya ko'ng gawin yun.

Bigla nalang sya'ng tumigil sa paggi-gitara at lumingon sakin.

"**Jay? Andyan ka pala.**" Sabi nya at binaba ang gitara.

Tumayo sya at nakangiti'ng humarap sakin. Nadurog ang puso ko ng mawala ang ngiti nya at mapansing umiiyak ako.

"**Bakit? May nangyari ba?**" Hahawakan sana nya ang pisngi ko

pero agad akong lumayo. "**...May problema ba?**"

"**I-i'm sorry Yuri.**" Huminga ako ng malalim. "**...I'm sorry. Maniwala ka, sinubukan ko talaga.**"

Sobra ang pagtataka nya. "**A-anu bang sinasabi mo?**"

"**Sorry... Sorry talaga.**" Hindi na nagpaawat ang mga luha ko. Sobrang bigat sa pakiramdam. Halos hindi ako makahinga. "**...Sinubukan ko naman.**"

"**Jay...**"

"**Pero.... Si Keifer talaga.**"

Lalu'ng tumindi ang pag-iyak ko. Hinintay ko ang sasabihin nya pero nanatili sya'ng tahimik. Hindi ako makatingin sa kanya dahil sa kahihiyan.

May ilang minuto din siguro ako'ng naghihintay. Hanggang sa huminto na rin ako sa pagiyak at mukang yun lang ang hinihintay nya.

"**Alam ko.**" Ang unang salita'ng binitawan nya dahilan para magtaka ako. "**...Alam kong si Keifer talaga. From the very start.**"

Nanikip ang dibdib ko sa mga sinasabi nya. Marami katanungan ang pumasok sa isip ko pero ayaw namang bumuka ng bibig ko para magsalita.

"**...Kagaya kay Ella, nagbaka-sakali na naman ako. But again, i'm wrong. Defeated by the same guy...**" Nagpilit sya ng ngiti. "**...I'm not stupid Jay. I knew it already, from the day you said '*Yes*' to me.**"

A-anung... Naguguluhan ako.

"***Hahaoya* is not lying when she said that she saw you and Keifer. She just save us from embarassment.**"

Tang'na... ang tanging nasabi ko sa sarili ko.

"**...And i also know that you make out with him at the restroom.**" Tumawa sya ng mapait. "**...Andun din ako ng gabing umamin ka sa kanya.**"

Pakshet!

Kulang ang mga mura'ng alam ko para madiscribe yung nararamdaman ko. Pano nya nalaman ang mga yun?

"**If you're asking, '*how did i know*'. The answer is simple...**" lumapit sya sakin at bahagya'ng yumuko. Tumapat sya tenga ko.

Kinilabutan ako ng maramdaman ko ang hininga nya sa balikat ko. Sobrang init.

"**...Keifer is not the only one who have ways.**" Bulong nya na nagpahinto ng puso ko.

Umayos sya ng tayo at diretso ako'ng tinignan sa mga mata. "**...I want you to leave now. Ayoko'ng makita ka.**"

"**Y-yuri...**" Sa dami ng gusto kong sabihin, yan lang ang lumabas sa bibig ko.

Tumalikod sya sakin. "**I will let you continue your relationship with Keifer but when our wedding day come, you'll say '*I do*' no matter what or it will be the end of the Fer Corp.**" Maotoridad na sabi nya.

Itutuloy pa rin nya?!

"**Y-yuri... M-masasaktan ka lang.**"

"**What's the point?! Your already hurting me.**" Dinig ko ang pamumuo ng boses nya.

Kahit nakatalikod sya, alam kong umiiyak sya. Sumabay na naman ang mata ko sa paghihirap na nararamdaman ko.

"**...Trust me, at the end of the day you'll still be mine.**" Dagdag nya.

Sinubukan kong humakbang palapit sa kanya pero hindi gumagalaw ang tuhod ko.

"**Y-yuri... Please.**"

"**Jay... Umalis kana.**" Utos nya na lalong nagpabigat sa loob ko. "**...Leave. Now!**"

Wala akong nagawa kundi ang dahang-dahan na maglakad palapit sa pinto ng kwarto nya. Pinili nya'ng wag akong tignan kahit sa huli.

Pero bago tuluyang makalabas, nagbitaw sya ng salita na tuluyang nagpabagsak sa kalooban ko.

"**Parehong-pareho kayo ni Ella. *Paasa.***"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ + +

Chapter 162

Inner Pain

Jay-jay's POV

Parehong-pareho kayo ni Ella.

Parang sirang plaka na pauli-ulit sa utak ko yung mga salita'ng sinabi nya. Sobrang sakit!

Paasa.

Mahigpit ang yakap sakin ni Keifer. Hindi sya nagsasalita at hinahayaan lang nya ko.

Para akong bata na humahagulgol sa iyak. Basa na ang braso at balikat nya ng luha at sipon ko.

"**You can't blame Yuri...**" Sabi nya habang patuloy sa pagyakap sakin. "**...he was hurt, again.**"

"**A-alam ko... P-pero sobrang s-sakit lang kasi.**"

Hindi yun ang intensyon ko. Wala naman talaga kong balak na paasahin sya. Hindi ko sadya.

Naiintindihan ko naman kung galit na galit sya sakin. Pero hindi ko talaga mapigilang hindi umiyak. Parang may milyo'ng milyo'ng karayom ang sumasaksak sa puso ko.

"**Keifer... A-ayaw nya'ng i-atras yung kasal.**"

Umalis sya mula sa pagkakayap. Hinawakan nya ang magkabilang pisngi ko. Kahit sabog sabog ang sipon at luha sa muka ko.... Hinalikan pa rin nya ko.

For a moment nakalimutan ko yung dahilan ng pagiyak ko. Nakalimutan ko din na muka na kong ewan. *Ay pota!* Lasang sigarilyo at mentos ang bibig ng punyemas. Humiwalay sya sakin at

agad akong tinignan ng may pandidiri.

"**Yack! Yung sipon mo...**"

Agad ko sya'ng hinampas ng malakas pero tinawanan lang nya ko.

"**Kingina mo ka!**" Inis na sabi ko.

Hinawakan nya ulit ang magkabilang pisngi ko. Sa pagkakataon na to, seryoso nya kong tinignan.

"**Don't worry about the wedding. We still have time to think a plan on how we can stop it.**"

Sisinghot-singhot ako'ng tumango sa kanya. Hinalikan nya ko sa noo. Medyo gumagaan na yung pakiramdam ko.

May kinuha sya sa bulsa nya at inabot sakin ang isang puti'ng panyo.

"**Punasan mo na yang sipon mo. Kadiri kana.**" Sabi nya at tumawa.

Padabog kong kinuha yung panyo at siningahan. Lahat na yata ng natatago sa ilong ko, nilabas ko na, kulang nalang pati utak ko ilabas ko na rin. Pagkatapos mailabas ang saloobin, binalik ko sa kanya yung panyo.

"**Salamat.**"

"**Sayo na... Nakakahiya sayo. Baka nabitin kapa sa nilabas mo.**"

Hinawakan ko nalang yung panyo. Pinaandar ni Keifer yung kotse. Oras na din kasi para umuwi ako.

"**Gusto ko ng umuwi.**" Halos pabulong kong sabi.

Nag-nod lang sya sakin. Tahimik lang ako sa byahe, gustuhin ko mang magsalita, anu naman ang sasabihin ko? My pagkakataon na tinitignan ako ni Keifer, pero hindi ko masuklian yung tingin na yun.

Kahit nabawasan ang bigat na nararamdaman ko, masakit pa rin. Yung mga salita'ng binitawan nya sakin.

Kung tutuusin, deserve ko yun. Ang sakit ng ginawa ko sa kanya. Pinaasa ko lang sya sa wala. Kung alam ko lang na ganito, una pa lang sana hindi na ko umo-o.

Anu kaya'ng ibig nya'ng sabihin sa sinabi nya'ng '*Keifer is not the only one who have ways*'? Bigla ko tuloy naalala yung sinabi ni Ci-N tungkol sa kanya.

Ang gulo ng utak ko! Yung ang dami-dami ko ng tanung sa utak ko tapos wala man ako'ng makuhang sagot.

"**Jay...**" Tawag sakin ni Keifer na kumuha ng atensyon ko.

"**Hm?**"

"**Nakausap ko si Percy.**"

Huminto ang puso ko. Dahan-dahan akong tumingin kay Keifer na diretso sa daan ang tingin. Eto pang isang gumugulo sa utak ko.

"**P-pano?**"

"**Remember my promise to you? About your father's information?**"

Nag-nod ako bilang sagot.

"**...I did get his contact number and try to call it. Secretary nya ang sumagot.**"

Bigla nya'ng hininto ang kotse. Dun ko lang napansin na malapit na kami sa bahay. Hindi ulit sya tumapat kagaya kahapon.

Nilabas nya yung cellphone nya at nagpipindot ng kung anu. Nilapit nya sakin yun at merong nagpa-play na recording.

"***Good morning... You're reaching Mr. Mariano's number. May i know who's on the line?***" Boses ng isang lalaki.

Mula sa pananalita tunog foreigner, islang na islang kasi sa pag-english. Pero bakit pinaparinig sakin ni Keifer to?

"***This is Keifer Watson. Can i speak to Mr. Mariano? This is urgent.***" Maotoridad ang boses ni Keifer.

Walang sumagot sa kabilang linya. Tahimik, akala ko tapos na. Pero tuloy pa rin yung count down at yung symbol ng play.

May narinig ako'ng parang gumalaw tapos my nagsalita.

"***Keifer...***" Boses ni Percy.

Inangat ko yung tingin ko kay Keifer pero seryoso sya'ng nakatingin sa phone nya.

"***...How are you?....Bro.***"

Wala ako'ng mabakas na galak sa boses ni Percy. Napaka-seryoso at may halong inis sa boses nya. Medyo may diin din yung pagkakasabi nya ng '*Bro*'.

"***Who's this?***" Mabilis na sagot ni Keifer.

"***Oh crap! You're making me cry... Nakalimutan mo na agad ako? Napaka-tagal na ba ng 4 years para makalimutan mo ang namatay mong kaibigan? Oh my heart! I'm in pain!***"

Gusto ko'ng mainis sa mga pinag-sasabi nya. Hindi ko kasi alam kung nagpapatawa ba sya o ng-iinis lang.

"***Percy?***"

"***Finally! I thought you'll never remember my very handsome voice.***"

"***What the hell?! I have no time for your shit! I need to speak to Mr. Mariano. Now!***" Halata ang inis sa boses ni Keifer.

Bigla nalang tumawa si Percy. Kahit ako nakaramdam na rin ng inis sa ginagawa nya. Parang pinaglalaruan nya si Keifer... o kami.

"***Mark Keifer Watson... Wala kang pinagbago. Pala-utos ka pa rin. Thinking that you're still the King?***"

"***Percy...***"

"***Keifer...***" Ginaya nya yung tono ng boses ni Keifer. "***...You are already talking to Mr. Mariano.***" Bahagya sya'ng tumawa.

Asar!

"***Tatay ni Jay-jay ang tinutukoy ko. Hindi ikaw.***"

Tumigil si Percy sa pagtawa. Kahit recording lang, nakaramdam ako ng tensyon sa pagitan nilang dalawa.

"***Why do you need to talk to him? Andito naman ako. I'm also a Mariano.***"

"***Shit! Percy! What the hell is your problem?! I need to talk to him! Jay-jay need her father!***" Galit na sabi ni Keifer. Kahit ako siguro mapipikon na rin sa mga pinagsasabi nya.

"***Don't shout Bro! Hindi mo sya pwedeng kausapin. Kahit sumigaw ka pa dyan.***"

May narinig akong tumunog na bagay at may nagsalita na hindi ko maintindihan.

"***...I have to go. Don't worry, malapit na kaming bumalik dyan and when we do... babawiin namin sa inyo si Jay-jay. From you and from Angelo.***"

Natapos ang recording at isa lang ang pumapasok sa isip ko.

Wala akong naintindihan.

Anu na naman to?! Nalilito na ko!

"**A-anu'ng babawiin?! Hindi ko maintindihan yung sinasabi nya!**" Inis na sabi ko.

Tinabi ni Keifer ang phone nya. "**Kahit ako naguguluhan din.**

Nag-uumpisa na kong mainis sa ginagawa nya."

Napahawak nalang ako sa ulo ko. Anu kaba talaga?! Sino kaba sa buhay ko?! Anu bang kailangan mo sakin?!

Percy Mariano?!

"Mukang wala tayong magagawa kundi maghintay."

Tinignan ko sya. **"Napapagod na kong maghintay."**

Hinawakan nya ang kamay ko. Malapit-lapit na kong maiyak dahil sa sobrang inis kay Percy. *Bwisit!*

Yung isang kamay naman nya ay humawak sa pisngi ko. **"Kaunting tiis Jay."**

Nag-nod ako at nagpilit ngumiti. Yun lang naman kasi ang magagawa ko. Minsan na kong naki-usap kay David para sabihin sa kanya na wag ng magpapakita sakin.

Akala ko matatakot sya at gagawa ng paraan para maka-usap ako, pero hindi nya ginawa. Hindi tuloy ako sigurado kung sinabi nga ni David yun sa kanya.

Hinalikan ako ni Keifer sa noo. Tumingin ako sa maya nya at bigla nalang akong napatingin sa gate ng bahay. Bumukas yung gate at lumabas si....*shit!*

"Si Kuya Angelo..." Sabi ko at agad na yumuko.

Muntik pa kong mauntog sa kambyo.
Bahagya kong inangat yung tingin ko kay Keifer na natataranta sa pagtaas at baba ng binata.

"Andyan pa sya?!" Tanung ko.

"O-oo... Shit! Nagulat ako sayo. Kung anu nalang napindot ko." Sagot nya sakin habang natatawa.

Natawa na rin ako. *Hanep kasi!* Bigla-bigla nalang lumalabas ng bahay. Ang lakas ng trip nya. Bahagya ko sya'ng sinilip at wala

naman sya'ng ginagawa. Nakatayo lang sya at patingin-tingin sa paligid.

Eh anu yun?!

Eto ang problema: kung hindi sya aalis o papasok sa loob bahay. Hindi ako makakababa sa kotse ni Keifer. Makikita nya ko mula sa pwesto ng kotse.

"**Hindi ako makakababa... Makikita nya ko.**" May halong pagmamaka-awa sa boses ko.

Bigla nalang pinaandar ni Keifer yung kotse. Gusto ko sana sya'ng harapin pero hindi ako makaka-alis mula sa pagkaka-uyo.

"**Aanu tayo?**" Tanung ko.

"**Ililipat ko sa kanto nyo. Dun ka bumaba.**"

Nakahinga ako ng maluwag sa sinabi nya. Sandali kami'ng umandar at huminto din agad.

Tinaas ko yung ulo ko. Nasa kanto na kami at nagmadali ako'ng buksan ang pinto pero bigla nalang ako'ng hinawakan ni Keifer sa braso.

Tinignan ko sya at pansin ko ang pagtitig nya sa harapan ng kotse. Tinignan ko din yun at halos huminto ang puso ko ng makita ko si Aries.

Pakshit!

Titig na titig sya samin. Kita ko rin ang pagkuyom ng kamao nya.

"**S-si Aries... Bababa na ko.**"

Akala ko bibitawan na nya ko pero lalong humigpit ang hawak nya sakin. Hinarap nya ko at ngumiti.

"**Bak----**" hindi ko natuloy ang sasabihin ko ng bigla nya kong halikan sa pisngi.

Ay... Pisngi lang?

"Ingat ka. I love you Jay until scientist find the end of the universe."

Ako? Tameme! Wala ako sa sarili na nag-nod sa sinabi nya. Kasi naman... *Kinginames!*

"...Anu sagot mo?" Tanung nya sakin.

"A-anu... I love----Ay palaka!"

Bigla nalang kinalampag ni Aries yung bintana ng kotse. Galit ang tingin nya sakin. Wala akong nagawa kundi kumalas sa hawak ni Keifer at nagmadali sa pagbaba.

"Dito pa talaga kayo naglandian." Sabi nya habang tinutunaw ako sa titig nya.

Naglakad sya palayo. Sandali akong tumingin kay Keifer at nagpaalam na. Naglakad na rin ako pabalik sa bahay kasunod lang nya. Akala ko mag-aaway sila at magkakagulo.

Pagdating sa loob, buti nalang at busy si Kuya Angelo. Dumiretso ako sa kwarto ko at bumungad ang Ci-N.

All smile ang Gago!

Tumataas baba pa ang kilay nya sakin. Ang creepy nya tignan.

"Kamusta naman ang *pag-uusap* nyo?" Tanung nya sakin.

Akala ko nawala na sa isip nya yun. O baka kanina pa nya binabanggit pero lutang ako? May diin talaga sa salitang '*pag-uusap*'.

"A-ayos lang." Sagot ko habang kumukuha ng damit.

"Jay... Alam kong gwapo ako at mabilis ma-fall sakin ang mga babae." Sabi nya na nagpataas sa kilay ko. **"...pero hindi mo naman kailangan sabihin kay Keifer na ako yung gusto mo."**

Hanu daw?!

Kung pwede lang humiwalay sakin ang kilay ko para tumaas pa ng husto, malamang nakarating na sa langit to.

"**I love Ci-N daw... *Ahihihi*...**"

Napapangiwi nalang talaga ako. Ang lakas ng sapak nya. Obvious naman na hindi para sa kanya yung '*I love you*' kagabi.

Kinuha ko yung unan at buong lakas na binato sa kanya. Kayalang, bata'ng kumag talaga sya. Sinalo lang nya yun at tinawanan ako ng nakakainis.

"**Bwisit ka!**" Sigaw ko at buong lakas na tumalon palapit sa kanya.

Pinaghahampas ko sya ng unan. Tawa lang naman sya ng tawa. Nang mawala ang unan, sinabunutan ko sya ng sinabunutan.

"**Aray! Aray!**" Sigaw nya.

Impakto!

"**Help! Si Jay-jay... Papatayin ako! Help!**"

Lalo akong nainis sa ginagawa nya. Pinaghahampas ko rin sya kaya hinarang nya ang mga braso nya. Nakakuha ako ng pagkakataon, agad kong kinurot ang nipple nya dahilan para sumigaw sya ng malakas.

"**Shiiiiiiiittttttt! Ugh!**"

"**Gago ka kasi!**" Sabi ko at nag-uumpisa ng matawa sa reaksyon nya.

Nakakuha ako ng instant kapatid kay Ci-N. Kahit madalas nya kong alilain at asarin, mas masarap naman sya kasama.

Binitiwan ko sya at pinanood habang namamalipit sa sakit. Tinignan nya ko ng seryoso, akala ko magagalit sya pero bigla nalang sya'ng ngumiti ng nakakaloko.

"**Shit! Ang sarap!**" Sabi nya na nagpatawa sakin ng malakas.

"Manyak ka!"

"Ikaw kaya! Nanghahawak ng utong." Bawi nya sakin.

"Sira-ulo!"

"Jay-jay manyak!"

Hinampas ko sya ng malakas pero nakahawak pa rin sya sa dibdib nya.

"Pag-ako, nagka-breast cancer." Banta nya.

"Tulok mo! Breast cancer ka dyan. Nipple lang yang kinurot ko!"

"Sige nga... Kurutin ko utong mo tapos tignan natin kung hindi ka magka-----ARAY!"

Malakas na suntok sa ulo ang binigay ko sa kanya. Nakalimutan yata nyang babae ako. Nipple ko pa talaga pag-iinitan nya.

"Manyakis ka! Wag ka na nga nagdi-didikit kay Keifer."

"Ayyiieeeehhhh... Namimiss nya----"

Pareho kaming napahinto ng bumukas ang pinto ng kwarto at bumungad si Kuya Angelo na nakataas ang kilay samin.

N-narinig kaya nya?!

"Ci-N..." Sabi nya na nagpabilis sa tibok ng puso ko. **"...Your Mother is on the line."** Sabay turo sa labas ng kwarto.

Nawala ang kaba ko pero napalitan naman yun ng pangamba para kay Ci-N. Malungkot ang mata nya'ng tumingin sakin bago tuluya'ng tumayo.

Lumabas sya ng kwarto at agad naman ako'ng sumunod. Hawak pa nya ang cord ng telepono na para bang gusto nya'ng hugutin yun.

Binaba nya ang tawag matapos ang ilang minuto nilang pag-uusap.

"**B-bakit daw?**" Tanung ko.

Yumuko sya. "**O-okay na daw yung condo unit ko.**"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Chapter 163

Past

Jay-jay's POV

Nung minsang mabusit ako kay Ci-N dahil sa katamaran at pagkakalat nya sa kwarto ko, ang nasa isip ko lang noon ay ang paalisin na sya.

Tahimik ako sa kwarto ko nung panahong wala sya. Hindi ko kailangang maglinis araw-araw o gabi-gabi.

Pero nayanig ang mundo ko pagdating nya. Maya't maya ang pagkain ng chutchirya, ice cream, juice or soda, candy at cake. Palagi din ako'ng nakatambay sa Mini Mart para bumili ng midnight snack para sa kanya.

Ako ang naglalaba ng damit nya, dahil hindi sya marunong at ayaw nya'ng ipalaba sa maid nila Tita Gema----marami daw germs ang kamay nila.

Palagi din ako'ng puyat kakapanood ng movie sa laptop nya. Madalas din ako'ng kagalitan dahil sa kalokohan nya na ako ang sinisi. Mas madalas pa sya'ng asikasuhin nila Tita Gema at Kuya Angelo kesa sakin.

At higit sa lahat madalas din kami'ng magtalo ni Aries dahil sa kanya.

Magulo? Oo! Pero sobrang saya...

Bagsak ang balikat ko habang pinapanood sya sa pag-aayos ng gamit nya. Ayoko'ng tumulong para matagalan sya.

Para mas matagal pa sya dito.

May pagkakataon na gusto ko sya'ng paalisin pero ngayong aalis na talaga sya----Ayoko! Ayoko sya'ng umalis.

"**Tulungan mo kaya ako.**" Sabi nya sakin.

Napabuntong hininga ako at lumapit sa kanya. Pero sa halip na tulungan sya'ng ilagay ang gamit sa maleta pabaliktad ang ginagawa ko.

Nilalabas ko yung mga nilalagay nya.

"**Hoy! Matatapos tayo nyan. Tuloy mo yan!**" Inis na sabi sakin at inagaw yung mga damit na hawak ko.

"**Sa susunod na araw ka nalang umalis.**" Paki-usap ko.

"**Ayaw nga ni Mama... Nakakahiya na daw.**" Naupo sya sa tabi ko. "**...Kung ayaw mong mahiwalay sakin, mag-apply ka ng katulong ko.**"

Tinignan ko sya ng masama. Baliw talaga! Bakit ako mangangatulong sa kanya?!

"**...Okay na rin to para hindi na magselos si Keifer at Aries.**" Dagdag nya.

Huh?!

"**Keifer at Aries?**" Taka kong tanung sa kanya.

Si Keifer gets ko. Seloso naman talaga yun, ultimo candy sa bibig ko pagseselosan. Pero si Aries? Parang imposible.

"**Panu mo naman nasabi na nagseselos si Aries?**"

"**Sa mata nya. Inggit na inggit sya satin kapag nagkakasiyahan tayo.**" Mabilis nya'ng sagot sakin.

Malabo!

Malabo pa sa tubig baha. Baka na-iingit kasi na kay Ci-N lahat ng atensyon ng tao dito sa bahay.

Bumalik sya sa pag-aayos ng gamit. Kahit labag sa loob ko, napilitan ako'ng tulungan sya. Habang tinutupi ang mga damit

meron ako'ng napansin.

"**Akin to ah!**" Sabi ko habang pinagmamasdan ang tshirt sa kamay ko.

Tinignan ko si Ci na natatawa sakin. "**Akin nalang.**"

Napangiwi ako pero binigay na rin sa kanya. Naayos na namin ang mga gamit nya at namangha ako. Naisiksik namin sa napaka-laking maleta nya ang mga gamit nya.

Sa dami kasi ng dala nya'ng damit plus laruan at nga anik-anik mukang hindi kakasya yun sa maleta nya. Pero napagkasya namin.

May kumatok sa pinto at bumukas yun. Si Kuya Angelo na nakatingin agad sa maleta ni Ci.

"**Ready na kayo?**" Tanung nya samin.

Ngumiti si Ci-N at nag-nod. Tumayo ako at pinagtulungan naming itulak palabas ang maleta nya'ng kasya yata ako sa loob.

Pero bigo kami, kakalagpas lang namin sa kwarto ni Aries pero feeling ko naubos na ang dugo ko sa katawan.

"**Ci-N! Anu ba mga gamit mo? Ginto?**"

Umiling lang sya sakin. Malapit na kami sa hagdan kaya pinilit kong itulak. Napalakas ang tulak ko at hindi sinasadya na gumulong ang maleta pababa ng hagdan.

Shit! Shit!

"**Argh!**" Sigaw ng kung sino.

Napatakbo kami sa baba. Nanlaki ang mata ko ng makita yung maleta at meron timaan----mas tama ata'ng sabihin na nadaganan.

"**A-aries! S-sorry…**" Sabi ko at pilit inaalis yung maleta.

Buong lakas na tinulak ni Aries yung maleta. Sinabayan ko yun at ni Ci-N.

Natanggal ang maleta'ng nakadagan kay Aries pero muka'ng nasaktan talaga sya. Lalu na yung bandang dibdib nya.

"**Uy... Hindi ko sadya.**" Sabi ko at akmang hahawak sya pero tinabig nya ng malakas ang kamay ko.

"**Anu ba yan?! Saan ba galing yan?!**" Galit na sabi nya samin.

"**S-sorry. Maleta ko yan.**" Sagot ni Ci-N.

Dahan-dahang tumayo si Aries at agad na sinigawan si Ci. "**Aalis ka nalang mamemerwisyo ka pa!**"

Tinago ko si Ci sa likod ko. "**Ako may kasalanan nun! Hindi mo kailangang sigawan si Ci-N!**" Inis na sabi ko habang nakikipag-sabayan ng titig sa kanya.

Halata sa muka nya na may ini-indang sakit. Butil-butil na din ang pawis nya. Naglakad nalang sya palayo pero tinapunan nya muna nang masamang tingin si Ci na nasa likod ko.

Pinilit ulit naming itulak yung maleta pag-alis ni Aries. Nakarating kami sa pinto at sinalubong na kami ni Kuya Angelo.

Kinuha nya yung maleta at halos masubsob sya ng ma-realize nya'ng sobrang bigat.

"**Magkano pusta mo? Hindi mabubuhat ni Kuya yan.**" Bulong ko sa Bata'ng kumag.

"**Mabubuhat nya yan. Malakas naman si Kuya mo.**" Sagot nya sakin.

Pinipilit buhatin ni Kuya yung maleta. Bumibilang pa sya ng isa-dalawa-tatlo para bumwelo.

Natawa nalang kami ni Ci dahil sa itsura nya'ng parang hika'ng hika.

"**Sakay na! Nakuha nyo pa kong pagtawanan!**" Inis na sabi nya samin.

Agad naman kami'ng sumakay sa kotse. Magkatabi kami ni Ci at naka-angkla pa ang kamay nya sa braso ko.

"**Mami-miss kita...**" Bulong ko at hiniga ang ulo ko sa balikat nya.

"**Jay... Wag kang O.A. magkikita pa tayo sa school.**"

Tinignan ko sya ng masama. Panira talaga ng moment ang bata'ng to!

Tahimik lang kami habang nasa byahe. Pinagmamasdan ko yung mga ilaw sa building na dinadaanan namin.

Hindi naman ganun kalayo yung condo unit nya. Kayalang feeling ko nasa ibang mundo na.

Mundo ng mga saksakan ng yaman!

Nag-park na si Kuya at hindi pa kami nakakatagal ng makita ko na yung buong pamilya ni Ci na nag-aabang sa entrance ng building.

Andun din si Rakki katabi ng Ate nya.

Narinig ko yung pagbuntong hininga nya sa tabi ko. Yumuko sya at pinag-laruan yung mga daliri nya sa kamay.

"**Eto na yun... Mababuhay na kong mag-isa mula ngayon.**"

Nakaramdam ako ng lungkot. Alam ko kasing hindi pa nya kaya. 14 pa lang sya tapos isip 4 years old. Panu sya mababuhay mag-isa?

Tinignan nya ko. "**Sure kabang ayaw mo talaga mag-apply na katulong ko?**"

Kinurot ko agad ang pisngi nya. Ang kulit! Bakit ba ko ang pinipilit nya'ng maging katulong?

Binaba ni Kuya yung maleta. Hinihintay na kami ng pamilya nya. Hinawakan ko yung kamay ni Ci.

"**Okay lang yan... Tawagan mo lang ako kapag may kailangan ka.**" Sabi ko.

"**Thank you.**" Sagot nya at nagpilit ng ngiti. "**...Naisip ko lang. Ngayon na may sarili na kong tinitirhan.**" Bigla sya'ng ngumiti ng malapad. "**...Pwede na kong magpa-party at magdala ng baba----Argh!**"

Sinikmuraan ko sya para tumigil. Ang bigat na nga ng kalooban ko dahil aalis na sya tapos puro kalokohan lang nasa isip nya.

Kainis!

"**Joke lang yun... Bakit kailangan mo kong sikmuraan?**" Naiiyak nyang tanung.

"**Ang kulit mo kasi!**"

Bumaba na ko ng sasakyan. Sumunod naman sya sakin. Si Kuya Angelo na ang nagtulak ng maleta nya. Kahit hindi nya ipahalata, alam kong hirap na hirap sya.

"**Sorry sa istorbo Mr. Fernandez.**" Bungad ng Mama ni Ci samin. "**...Alam kong malaki na ang napeperwisyo ni Ci-N sa inyo.**"

Yumuko si Ci-N. Ramdam kong napapahiya sa sinasabi ng Mama nya.

"**Okay lang po. Hindi naman po kami pinahirapan ni Ci-N.**" Sabi ni Kuya Angelo at ngumiti.

Kayo hindi, ako OO!

"**Let us thank you for letting Ci-N stay in your house. How about dinner?**" Sabi nung Papa ni Ci.

"**Thanks Mr. Peralta. That will be great.**" Sagot ni Kuya.

"**Saturday night?**"

"**Sure.**"

Nagpapabalik-balik yung tingin ko kay Kuya at sa Papa ni Ci. Ang angas kasi ng usapan nila. Ang yaman-yaman ng dating.

Kahit nag-english ako, hindi ganyan ang datingan ko.

Nilingon ko si Ci na nakayuko at sumusulyap sa kapatid nya. Tinignan ko din yung mga kapatid nya. Masama ang tingin ng Kuya nya sakin---*expected*. Yung ate naman nya kulang nalang pati talampakan ko tignan nya. Mula ulo hanggang paa makatingin sakin----*wagas*.

Si Rakki naman nagpilit lang ng ngiti. Ngumiti din ako sa kanya. Pero bakit nga pala andito sya? Part of the family na agad? Ang sweet nemen.

"**Ci-N! Tara na! Say thank you and goodbye to your friend.**" Utos ng Mama nya.

Humarap sya sakin at ngumiti. "**Ayaw mo talaga mag-apply?**"

Ay ang kulit!

Umiling nalang ako habang natatawa.

"**Sayang... 50,000 ang sahod.**"

Nanlaki yung mata ko sa sinabi nya pero agad naman nya kong tinawanan kaya nakuha kong joke lang yung. *Luko talaga!*

Ginulo ko yung buhok nya, kahit sa totoo lang gusto ko sya'ng ingudngod sa sahig.

"**Bye na Jay... Kita nalang tayo sa school bukas.**" Sabi nya at naglakad na palapit sa pamilya nya.

Lumapit sakin si Kuya at umakbay. "**Tara na?**"

Nag-nod ako at naglakad na kami pabalik sa kotse. Pag-andar, tahimik lang kami o mas tamang sabihin na tahimik ang paligid.

Wala na kasing nag-iingay.

Hay...

Huminto si Kuya sa tapat ng Mini Mart.

"**Tara... May bibilin lang ako.**" Sabi nya at bumaba.

Sumunod naman ako kahit nagtataka. Nanguha sya ng basket pagpasok. Dumampot ng kung ano-ano at tumingin sakin.

"**Kumuha ka na rin ng gusto mo, Jay.**" Utos nya sakin.

Napangiti ako at nanguha din ng sariling basket. Gusto ko daw eh, edi kuhanin lahat. *Joke*----pero gusto ko talaga lahat.

Habang nangunguha, napatingin ako sa kabilang side ng shelves. Meron kasing kulay mais na buhok. Matangkad yung may-ari dahil kita na yung ulo nya kahit mataas yung shelves.

Kulay mais!

May naalala ko bigla. Sino nga ba yung may kulay mais na buhok? Yung saksakan ng baduy yung pangalan at may hawig sa kumanta ng PPAP.

"**Jay-jay?**" Tawag ng kung sino.

Pagtingin ko, yung lalaking may-ari ng dilaw na buhok at sya rin yung sinasabi kong kahawig nung kumanta ng PPAP.

"**Tiger?**"

"**Sabi na nga ba ikaw yan eh!**" Sabi nya at agad na lumapit sakin.

Medyo napaatras pa ko dahil umamba sya ng yakap. Buti nalang at nakuha nya agad na ayokong yumakap sa kanya.

Muka sya'ng angutin!

Naka-long sleeve na butas, short na kupas at naka-tsinelas habang naka-medyas. Ayos ang pormahan!

"**Panu ka napunta dito?**" Taka'ng tanung ko.

"**Malamang sumakay ng kotse at pumarada dyan sa labas.**" Inis na sagot nya sakin.

"**Ahh... So hindi kana naglakad galing sa kotse papunta dito sa**

loob?" Sarkastiko kong tanung.

Tumahimik sya at tinignan ako. Bigla nalang sya'ng tumawa ng malakas, pati ako natawa na rin. *Abnormal kasi!*

"**Jay!**" Tawag ni Kuya Angelo sakin. "**...Okay na ba----**" napatigil sya ng makita yung kausap ko. "**Leo?**"

Leo?

Sino'ng Leo? Nagpabalik-balik yung tingin ko kay Kuya Angelo at kay Tiger----*teka nga!* Leo, tunog Lion.

Tinignan ko si Tiger. "**Ikaw si Leo?**"

Bigla sya'ng ngumiti ng malapad. Umakbay sakin si Kuya at bahagya ako'ng nilapit sa kanya.

"**Kamusta Angelo? Long time no see.**" Sabi nya na parang nang-aasar.

Humigpit yung kamay ni Kuya sa balikat ko kaya napatingin ako sa kanya. Nakay Leo---Tiger ang tingin nya.

"**Ayus lang. Nice seeing you here.**" Parang sapilitan yung sagot ni Kuya.

Matagal ang titigan nilang dalawa. Parang may something sa kanila. Bigla nalang tumingin sakin si Tiger at kumindat.

Nalukot ang noo ko. "**Susundutin ko mata mo.**" Banta ko.

Tumawa sya ng bahagya. "**Cute mo dyan. Hindi na kita lilibre pizza.**"

Edi wag!

"**Magkakilala kayo?**" Tanung ni Kuya.

Ay shit!

Hindi nga pala alam ni Kuya na nagpunta ako sa Kingsground. Lagot ako nito!

Tinignan ko si Tiger na nakiki-usap. Kayalang ang walang-hiya, hindi marunong makisama.

"Oo... Nakilala ko sya nung nagpunta sila sa Kingsground."

Yung kamay ni Kuya bigla nalang humigpit. *Aray! Putik!* Pakiramdam ko babalian nya ko ng buto.

"Nagpunta sila sa *Kingsground.*" Pag-uulit ni Kuya sabay tingin sakin ng makahulugan.

Jay-jay! Play Dead!

Pero hindi naman pwede. Lagot ako nito pag-uwi. Kaylangan ko na yata'ng kainin lahat ng gusto ko. Bibitayin na kasi ako.

"Oy, tignan mo nga naman..." Sabi ni Tiger habang nakatingin sa bandang likod namin. **"...Alvin!"**

Sabay-sabay pa kaming tumingin sa tinawag nya. *Si Sir Alvin!* Taka sya'ng tumingin sa side namin at naglakad palapit.

Magkakakilala din sila?

"Angelo..." Bati nya kay Kuya at ngumiti. Nag-fist bump pa sila.

Tropa-tropa sila?

Tinignan nya ko at ngumiti din. **"...Hello Jay."**

Ngumiti ako at gusto ko sana'ng sumigaw ng '*Ilayo nyo ko kay Kuya Sir*'. Baka matulungan nya ko, teacher ko naman sya eh.

Bumaling sya kay Tiger at bigla nalan naging seryoso ang muka nya. **"Leo."**

Bahagya'ng tumawa si Tiger pero parang may halong inis. **"Wag nyo kong tignan na parang napaka-sama kong tao."**

"Sorry... Ang laki lang kasi ng pinagbago mo." Sagot ni Sir.

"Well... Kamusta naman ang pinagbago ko? Ayos ba?"

Sabay si Kuya Angelo at Sir Alvin na tumingin sa kanya mula ulo hanggang paa.

"**Ang... Ang panget mo.**" Seryoso'ng sagot ni Sir.

Ppfftt...

Muntik pa kong masamid sa pagpigil lang ng tawa ko. Agad namang nagsalubong ang kilay ni Tiger.

"**Panget?! Gago ka ba?!**" Tumingin sya kay Kuya. "**...Panget ba ko Angelo?!**"

"**Ang totoo... Hindi naman.**" Ngumiti si Tiger sa sagot ni Kuya. "**...Ang panget-panget lang.**"

Hindi ko na napigilan ang tawa ko. Napaka-seryoso pa ng mga pagmumuka nila habang sumasagot. Ayos din tong dalawa na to! Mukang tropa-tropa talaga sila.

"**Tsk! Makaalis na nga! Daming insicure masyado sa kagwapuhan ko! Sinisiraan nalang ako!**" Sabi nya habang naglalakad papunta sa cashier.

Seryoso pa rin yung muka nila Kuya at Sir. Nagkamustahan sila sandali at naglakad na rin papunta sa cashier. Buti nalang at hindi nila pinag-usapan yung pag-aaral ko.

Paglabas ng Mini Mart bigla nalang ako'ng inakbayan ni Kuya pero yung braso nya umikot sa leeg ko. *Lagot na ko!*

"**Nagpunta ka ng Kingsground ng hindi ko alam. Ang tigas ng ulo mo!**" Sabi nya.

Hinampas-hampas ko yung braso nya. "**K-kuya! Matagal na yun!**"

"**Kahit na! Pasaway ka talaga eh!**"

Humigpit yung pagkaka-ikot ng braso nya sa leeg ko kaya napapasigaw nalang ako.

"**Humanda ka sakin----**"

Tumunog bigla yung phone nya. Binitiwan nya ko at sinagot yung tawag.

"Ma, Pauwi na ka----ha?!.... Bakit?!.... Anu nangyari?!.... Sige, papunta na kami."

Pinatay nya yung tawag at dali-dali'ng naglakad palapit sa kotse. Sumunod naman ako.

"Anu yun Kuya?" Tanung ko pagsakay.

"Si Aries sinugod daw sa ospital."

Bigla nalang akong nag-alala. Ang bilis din ng tibok ng puso ko dahil sa kaba.

Si Aries! B-bakit?!

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Chapter 164

Galawang Ulupong

Jay-jay's POV

Sakit sa baga! Pero bakit? Panu?

Wala ako'ng naintindihan sa pinag-usapan nila Tita Gema at nung doctor. Damage tissue keneme lang ang narinig ko.

Kailan pa kaya yun?!

"**Jay...**" Tawag sakin ni Keifer. "**...A penny for your thoughts.**"

"**Huh?!**"

"**Yun na naman ba iniisip mo?**"

Umiling ako. Alam kong si Yuri ang tinutukoy nya. Nakadagdag din talaga kasi sa pag-aalala ko yung hindi nya pagpasok. Sinubukan ko sya'ng itext o tawagan pero nakapatay ang phone nya.

Pero ang mas pinoproblema ko, yung kay Aries. Akala ko na-ospital sya dahil sa pagkakadagan ng maleta sa kanya. Pero nung sinabi nung Doctor na Lung Problem daw, napaisip ako.

Wala ako'ng maalala na naninigarilyo si Aries. Masipag nga sya'ng mag-jogging sa umaga kaya panung nagkaroon ng Lung problem?

"**Si Aries kasi... Nasa ospital.**" Halos pabulong kong sagot.

"**Bakit?**"

"**Lung problem daw.**"

Tumahimik si Keifer. Ewan ko pero bigla nalang ako'ng kinutuban. Tinitigan ko sya at bigla nalang pumasok sa isip ko yung '*Second hand smoke*'.

"Naninigarilyo ka ba sa harap ni Aries dati?"

"Hindi dapat ako ang tanungin mo dyan. You should ask his classmate. Sila yung madalas nyang kasama." Sabi nya sabay irap sakin. **"...beside, nag-smoke lang ako ilang buwan after mamatay ni Percy."**

Ibig sabihin hindi na sila magkakasama nun. Pero panu nga nagkaroon ng Lung problem si Aries. Sana naman hindi yung iniisip kong sakit sa baga. Nakakatakot tuloy.

Bigla nalang hinawakan ni Keifer yung kamay ko. **"Magiging okay din si Aries."**

Ngumiti ako sa kanya pero bigla'ng naging ngiwi ng marinig ko na umuubo si Ci-N.

Parang sya'ng hihikain sa ubo nya. Kasabay ng pag-ubo nya ang pagbigkas nya ng salitang '*Ang sweet*'.

Bata'ng kumag!

Pinagtinginan tuloy sya ng mga ulupong. Napilitan akong bumitaw kay Keifer. Alam ko naman na alam na rin nya na may alam si Ci.

Dumating na yung sunod naming teacher pagkatapos ni Sir Alvin. Habang nagka-klase, may pagkakataon na tumitingin ako sa pwesto ni Yuri.

Panu kung bumalik na naman sya sa dati?

Panu kung pinuntahan na naman nya si Leo a.k.a Tiger. Wag naman sana!

May bigla nalang sumipa sa upuan ko. Muntik na kong mapasigaw. Tinignan ko ng masama si Keifer dahil sya lang naman ang katabi ko at pwedeng gumawa nun.

Patay malisya ang luko at nakatitig sa board.

Bakit na naman ba?!

Umayos ako ng upo at bigla nalang umuga yung bangko ko. Hindi na pantay yung paa nung bangko. *Asar naman!* Pinilit kong ayusin yun at dahil dun pinagtinginan ako.

"**Ms. Mariano? May problema ba?**" Tanung nung teacher namin.

"**Sorry po. Ayusin ko lang po bangkuan ko.**" Sabi ko at tumayo.

Nag-nod lang sakin si Ma'am at hinayaan akong ituloy yung ginagawa ko.

Habang nakatayo may bigla nalang humatak sakin. Napairit ako sa sobrang gulat at dire-diretso'ng napaupo sa kandungan ni....*Keifer?*

Anaknang!

Tinignan agad ako ng buong klase. Tatayo na sana ako ng yumakap ang wala'ng hiya'ng kumag sa baywang ko.

Nakaramdam ako ng sobrang kahihiyan. Uminit na ng tuluyan ang pisngi ko. Tapos sasabayan pa ng puso kong nagwawala na sa pagtibok.

Hinay lang brad!

"**Mr. Watson at Ms. Mariano.**" Tawag samin nung teacher.

Bigla'ng nagtaas ng kamay si Ci-N. "**Correction po. Mrs. Watson po dapat.**"

Malakas na hiyawan ang binigay ng buong klase. *Mga Animal!*

"**Keifer... Anu ba? Babalik na ko sa upuan ko.**" Sabi ko na may halong paki-usap.

"**Stay here.**" Utos nya at tumingin sa mga kaklase namin. "**...Eren! Fix her chair.**"

Anu?!

Lumapit si Eren at inayos na pilit yung upuan ko. Hindi ko alam kung ganu katagal ako dito sa kandungan nya pero hindi ko

nagugustuhan.

Talaga ba?!

Gusto ko----Ay hindi!

Nasa amin ang atensyon ng buong klase. Meron kinikilig kagaya ni Ci-N, pero hindi nakaligtas sakin yung mga seryoso ang tingin at halata'ng hindi natutuwa at merong walang paki-alam kagaya ni Josh at David.

Natapos si Eren kaya agad akong bumalik sa upuan ko. Yumuko lang ako, hindi ako natutuwa o kinikilig. Sino'ng gusto ng ganung atensyon?

Natapos ang klase ng hindi ko pinapansin ang pesteng Hari ng mga Ulupong. Pakiramdam ko kasi sinadya nya yung nangyari kanina.

Dumating ang sunod na teacher at mahaba-habang diskasyon ang ginawa nya.

"**Mr. Watson! Nakikinig kaba?**" Tanung nung teacher namin.

Bahagya ko sya'ng tinignan at dun ko napansin na nakatitig pala sya sakin. Humarap sya sa teacher namin at ngumiti.

"**Yes, i am.**"

"**Then explain this.**" Sabi nung teacher habang nakaturo sa board.

Tumayo sya at nagsimulang magsalita. Sa totoo lang, wala ako'ng maintindihan sa sinasabi nya. Actually wala talaga ako'ng naiintindihan sa lesson. Hindi kasi ako nakikinig.

Bigla sya'ng tumigil at humarap sakin. "**Anu nga ulit tagalog ng profit?**"

Profit... Kita?

"**Kita or kinita ata.**" Alanganin kong sagot.

Bumalik sya sa pagpapaliwanag. Meron lang ako'ng napansin,

english kasi yung paliwanag nya. Anung connect nun sa tinanung nya sakin?

Huminto ulit sya sa pagpapaliwanag at humarap na naman sakin. "**Eh yung Expensive Profit?**"

Meron ba nun?

Napapailing ako sa kanya dahil hindi ko naman alam yun sagot pero naghihintay sya. Hindi ako sigurado kaya naman wala ako sa sarili ko na sumagot.

"**Mahal na kita?**"

Ngumiti sya sakin. "**Mahal din kita.**"

Ay putik!

Malakas na hiyawan na naman ang ng galing sa mga luko. Bigla-bigla nalang sya'ng humihirit ng ganun.

Napapayuko nalang ako. Ayoko ipakita sa kanila yung muka ko. Ang init kasi at kahit hindi ko nakikita, alam kong namumula na ko.

Kinagat ko na din yung ibabang labi ko para mawala yung nararamdaman ko. *Kainis kasi!*

Bumalik si Ma'am sa pagtuturo. Ayoko ng tignan o pansinin tong Gago'ng Hari ng mga Ulupong. Pakiramdam ko kapag pinansin ko sya may gagawin na naman sya'ng kalokohan.

Dumating ang lunch at kahit doon lumalayo ako sa kanya. Lagi kong sinasabi na tutulungan ko si Eman. Kahit walang gagawin, tutulong pa rin ako makalayo lang ako sa kanya.

Siguro napansin nya yung ginagawa kong pag-iwas. Nung sunod na subject, panay ang tawag at kalabit nya sakin pero hindi ko sya pinapansin.

"**Jay...**"

Wag mong pansinin! Gagawa lang ng eksena yan.

"Jay-jay..."

Keifer papansin!

"Jasper..."

Bahala ka dyan!

"Jean..."

Kumag ka!

"Mariano..."

Aywan ko sayo!

"Watson."

Ikaw yun, hindi ako!

"Jasper Jean Mariano Watson."

Huh?!

Kahit hindi ko tignan, ramdam ko yung pag-ngisi nya. Ramdam ko din na malapit-lapit na kong mapikon sa kanya.

"My wife..."

Tumigil kana!

"My life..."

Hmm?!

"My everything..."

Anu bang pinagsasabi nito?!

"Pansinin mo na Jay... Gusto mo pa yata'ng kantahan ka ni Keifer." Sabi ni Calix at agad ko sya'ng tinignan ng masama.

Tinawanan lang naman nya ko. Pati pala yung iba pinag-mamasdan din kami. Bakit ba kasi ang tagal ng teacher namin?

"**Hey...**" Tawag ulit sakin ni Keifer.

Sa pagkakataon na to, hinarap ko na sya. "**Bakit ba?**"

"**Gusto mo ng lips?**" Tanung nya habang nakangiti.

Napataas ang isang kilay ko. Adik ata tong pvtrages na to!

"**...eto oh!**" Meron sya'ng kinuha sa bulsa nya at iniabot sakin ang apat na piraso ng Lips Candy.

Kala ko kung anu'ng Lips.

Gusto ko din ng matamis kaya naman kukuha sana ako. Bigla nalang inilayo ni Keifer yung kamay nya'ng may hawak ng Candy. Ako naman si Tanga, medyo hinabol pa at bahagya'ng lumapit sa kanya.

Ang wala'ng hiya... Bow!

Ang wala'ng hiya, kinuha yung pagkakataon at bigla nalang nilapit sakin yung muka nya.

Ayun! Shutanginames!

Nabingi ako. Hindi dahil sa malakas na sigawan ng mga Ulupong na sinabayan pa ng kalampagan sa lamesa. Nabingi ako dahil sa bilis ng tibok ng puso ko.

"**Masarap ang Lips diba?**" Sabi nya habang nakangiti.

Gago!

Napatayo ako sa sobrang pagkabigla. Magsasalita pa sana ako, pero umurong na yung dila ko. Walang kahit anu'ng lumalabas.

Napapadyak nalang ako at naglakad palabas ng room. Dumiretso ako sa second floor ng building. Putang'na kasi!

Oo... nagk-kiss kami pero hindi sa harap ng iba. Ayoko nun eh! At

ayoko rin ng ginagawa nya. Kahit wala si Yuri pakiramdam ko masasaktan ko pa rin sya.

Nawalan na tuloy ako ng gana pumasok. Naupo muna ko sa sahig habang nakasandal sa pader.

"**Jay...**" Tawag sakin ng kung sino.

Paglingon ko, si Drew at Denzel lang pala. Medyo kinabahan pa ko, baka kasi multo.

"**Bakit?**"

Lumapit sila sakin at naupo sa tabi ko.

"**Kayo naba ni Keifer?**" Tanung ni Drew.

Nakita ko si Mayo na kasunod lang din nila. Seryoso ang itsura nya na nakatingin sakin.

"**Totoo ba? Kayo na ni Keifer?**" Tanung nya.

"**H-hindi.**"

"**Kakasabi lang ni Ci-N. May something na daw kayo.**" Sabi ni Drew na ikinabigla ko.

Ang bata'ng yun!

Wala ka ng natago sa taong yun. Lahat nalang dinaldal. Humanda sya sakin mamaya.

"**Si Keifer na yung pinili mo? Panu na si Yuri?**" Nag-aalalang tanung ni Denzel.

"**Dapat si Yuri ang pinili mo.**" Sabi ni Mayo.

"**Hindi ko naman kasi matuturuan yung puso.**" Halos pabulong kong sagot.

"**Kahit na... Hindi mo kasi naiintindihan.**" Dagdag pa ni Drew.

Taka ko silang tinignan. "**Panung...**"

Tumayo si Denzel mula sa pagkakaupo sa tabi ko. "**Paiiyakin ka lang ni Keifer.**"

Sumunod si Drew sa kanya. "**Sana hindi mo pagsisihan ang hindi pagpili kay Yuri.**"

Anu bang...

"**Nahati na naman ang Section E. Sana lang hindi ka maipit sa magiging away namin.**" Sabi ni Mayo at tuluyan ng naglakad paalis.

Kasunod nya si Denzel at Drew. Naiwan akong gulong-gulo sa mga pinagsasabi nya.

Kahit anu'ng mangyari. Pag-isipan mo lahat. Malaking gulo yung naganap nun sa Section E ng dahil sa love triangle na yan. Ayoko'ng maranasan mo yung naging paghihirap ni Ella. ---Mica
(Chapter 119---Christmas Part 5.0)

Nasampal ko nalang ang noo ko. Anu'ng nagawa ko? Mauulit ba pati yung nangyari na yun?

Anu ng gagawin ko?

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Chapter 165

Dinner

Jay-jay's POV

Sabog na naman ako! Hindi sa drags kundi sa sobrang pag-iisip. Nag-uumpisa na kasi yung kinakatakutan ko.

Hindi na nagpapasinan yung ibang suportado kay Keifer at Yuri. Meron namang walang paki-alam pero napipilitang makisali sa away.

Ang masama pa nito, nagatungan a yung pag-aaway ng iba. Kagaya ni Kit Mayo. Hindi nga nag-uusap dahil sa issue nila, dumagdag pa yung usapin samin.

Shit lang!

May narinig ako'ng kumatok sa pinto ng kwarto ko. Bumukas yun at iniluwa si Kuya Angelo.

"**Jay... Magbihis ka. May pupuntahan tayo.**" Utos nya sakin.

"**Ha?**"

"**Magbihis ka, mag-dress ka nalang siguro.**"

Lumabas sya ng kwarto. Hindi ko na natanong kung bakit at para saan. Tumayo ako at nanguha ng damit.

Kahit sobra ang pagtataka ko nagbihis ako. Nag-ayos na rin ako ng buhok. Kayalang hindi ako komportable. Kinuha ko yung sneakers ko at yun ang pinangsamplot ko sa paa.

Ayoko mag-sandals.

Paglabas ko, nakataas agad ang kilay ni Kuya sakin. Naiintindihan ko sya. Kasi nga naman, naka-dress ako tapos sneakers. Malakas kasi ang trip ko sa buhay!

Nahahawa na ko sa mga Ulupong na yun!

"**Anu ba yan? Bakit ganyan ayos mo?**" Inis na tanung nya sakin.

"**Ikaw nagsabi-----**"

"**Never mind! Male-late na tayo. Tara na!**"

Kamot batok ako'ng sumunod sa kaya at sumakay sa kotse.

"**Saan ba tayo pupunta?**"

Hindi sya sumagot at tahimik lang na nakatingin sa daan. Anu na naman kaya kami? Hindi pa naman namin kasama sila Tito Julz at Tita Gema. Nakabantay pa rin sila kay Aries na nasa ospital.

Unti-unti'ng bumagal yung kotse at pumarada sa harap ng isang magarbong restaurant. Mukang mayayaman lang ang kumakain dito.

At tama nga ako, pinto pa lang kami gusto ko na umuwi ng bahay. Kahit naka-dress ako, obvious na hindi ako bagay dito. Buti pa si Kuya kahit naka-semi formal bagay-bagay dito. Kahit kaya nakapang-taong-grasa sya, pasok pa rin sya sa banga.

"**Kuya, aanu ba----**" Mukang hindi ko na kailangang magtanung. Mula sa pwesto namin, kita'ng kita ko si Yuri at ang magulang nya.

Pakshit!

"**We're having a dinner date with Yuri and his parents.**" Sabi ni Kuya at naglakad palapit sa table kung nasan sila Yuri.

Nakasunod lang ako kay Kuya kahit sa totoo lang parang ayaw ng humakbang ng mga paa ko.

"**They're here.**" Sabi nung Mama ni Yuri at agad na lumapit sakin para makipag-beso-beso.

"**Sorry... Nalate kami.**" Sabi ni Kuya habang nakikipag-batian sa Papa ni Yuri.

Pagkatapos makipag-batian, nagulat nalang ako ng lumapit si Yuri sakin. Nakangiti na parang walang nangyari. Humalik sya sa pisngi ko at medyo napalayo pa ko sa pagkabigla.

Ngumiti sya sakin at hinatak palapit sa upuan. Tinulungan nya kong maka-upo ng maayos. Tinignan ko sya na puno ng pagtataka.

Kasi naman... Parang walang nangyari!

"**...kamusta si Aries? Sana hindi malala yung nangyari sakin.**" Sabi nung Mama ni Yuri kay Kuya.

"**He's okay now. Matagal ng sakit ni Aries yun. Nabigla lang yung katawan nya kaya nahirapan syang huminga ulit.**" Paliwanag nya.

Matagal?

Wala ako'ng clue na matagal ng may sakit si Aries. Wala naman kasing mababakas sa itsura nya.

"**That's good to here. Anyways lets talk about the upcoming wedding.**"

Haru! Jusmio...

Eto na po kami. Sasabak na naman ako sa gera.

"**Gusto sana namin na next year nalang ang kasal, but *Otosan* don't want to. Kaya hihintayin nalang naming mag-birthday si Jay-jay.**"

Sumasakit ang ulo ko. Birthday ko? Joke ba yun? Ilang buwan nalang birthday ko na. ILANG BUWAN NALANG!

"**Jay-jay?**" Tawag sakin ni Kuya.

Napansin siguro nya na naka-yuko ako. Hindi ko kaya'ng tumingin kay Yuri at sa pamilya nya.

"**P-po?**"

"Kelan mo gusto'ng pumili ng gown?"

Kelan? Gown pang-patay ba yan? Ngayon na sana kung okay lang.

"Okay lang kahit kelan." Halos pabulong kong sagot.

"That's great! Sasamahan kita sa pagpili." Buong ngiti'ng sabi ng Mama nya.

Ngumiti din ako sa kanya. Napansin ko yung titig ni Kuya sakin. Makahulugan kasi yun.

Umiwas ako ng tingin sa kanya pero napatingin naman ako kay Yuri. Wala pa rin akong nababakas na kahit anung galit o inis sa kanya.

Bakit ka ganyan?

Dapat galit sya sakin. Dapat hindi nya ko pansinin. Hindi dapat nya ko nilalapitan. Bakit?

Bigla nalang sya'ng tumingin sakin at ngumiti ulit. Tuloy-tuloy lang ang pag-uusap nila.

"Kailangan na rin nating paturuan ng Nihongo si Jay-jay para hindi na sya mahirapan pagpunta ng Japan."

Nanginig bigla ang tuhod ko sa narinig ko. Pupunta ng Japan? Bakit ako pupunta sa Japan? Aanu ako don?

Harakiri!

"Are you okay?" Tanung sakin ni Yuri.

Nag-nod lang ako pero mukang hindi sya naniwala dun.

"Samahan ko lang po si Jay-jay magpahangin sa labas." Paalam nya at inalalayan akong makatayo.

Hinatak nya ko hanggang sa gilid ng restaurant. Meron silang mga bench dun at parang mini garden. Naupo ako at pinatong ang siko sa tuhod. Ginamit ko din yung kamay ko pang-takip sa muka ko.

"Wag mo naman ipakita sa kanila na ayaw mo'ng magpakasal sakin." Sabi ni Yuri na nakatayo sa tapat ko.

Tinaas ko yung tingin ko sa kanya. Yan yung Yuri'ng kanina ko pa hinahanap.

"Hindi ko maiwasan. Lalu na nung ngumiti ka sakin at pinaramdam na parang walang nangyari." Inis na sabi ko. **"...kung galit ka ipakita mo!"**

Huminga sya ng malalim. **"I can't. I can't be mad at you or hate you."**

Taka ko sya'ng tinignan. Anung '*can't*'? Sinaktan ko sya. Dapat magalit sya sakin.

Naupo sya sa harap ko at ginamit na pang-suporta ang isa'ng tuhod. Halos magkapantay na kami.

"...Ganun kita kamahal. Kahit anu'ng panloloko mo sakin. Kahit ganu mo ko saktan. Hindi'ng hindi ko kaya na magalit sayo. Oo... nasigawan kita nung una pero naisip kong mali yun and apologize for that."

Apologize?! Sabog kaba?!

Kusa nalang bumagsak ang luha ko ng hindi ko namamalayan. Parang may kung anung sumasakal sakin.

"Wag mo naman ako'ng pahirapan ng ganito." Pakiusap ko. **"...H-hindi ko deserve to. Hindi ko deserve yung pagmamahal mo."**

Hinawakan nya yung pisngi ko at pinunasan yung luha ko gamit ang hinalalaki nya.

"Siguro nga, hindi. Pero ikaw yung mahal ko. Ikaw yung minahal ko. Kaya kahit hindi mo deserve, ibibigay ko pa rin sayo."

Tumigil kana...

"Yuri... Please... Tama na."

Ngumiti sya sakin. **"I will not stop. Not now."** Inalis nya yung kamay nya sa pisngi ko at tumayo. **"...Mali pala ako. I'm not defeated by Keifer. I actually won."**

Dahan-dahan ako'ng tumayo at tumingin sa kanya.

"...Maybe your heart belongs to him but physically you belong to me. Ako ang makakasama mo at hindi sya. Ako ang panalo at akin ka."

Ngumiti ulit sya kagaya ng ngiti'ng pinapakita nya kanina pa. Lumakad sya pabalik sa loob ng restaurant. Naiwan ako'ng wala sa sarili.

Napaupo ulit ako sa bench dala ng panlalambot ng tuhod. Ilang beses kong pinupunasan ang luha ko. Pero tuwing iisipin ko at tatangkain na tumayo para pumasok ulit sa loob, nakikipag-unahan yung luha ko.

Asar naman...

May ilang minuto pa kong nag-stay sa pwesto ko. Naririnig ko yung cellphone ko sa bulsa ng dress na suot ko. Alam kong tinatawagan na ko ni Kuya.

"Jay?"

Tinignan ko yung tumawag sakin. Taka ko sya'ng pinagmasdan dahil na rin sa medyo madilim na paligid. Akala ko nung una si Keifer pero merong sya'ng suot na salamin.

Keigan!

Meron sya'ng kasama'ng babae na pamilyar sakin.

"A-anung ginagawa nyo dito?" Tanung ko habang inaayos ang sarili ko.

"We're going to celebrate my girlfriend's birthday here." Humarap sya sa kasama nya at bahagya'ng hinatak palapit sa

kanya. "**...This is Elixera Fediricos, my girlfriend.**"

Ngumiti sya sakin at inabot ang kamay nya. Kinuha ko yun at nakipag-shake hands. Naalala ko na! Sya yung bestfriend ni Blaster, yung nasa picture sa cellphone nya.

Mas maganda sya sa personal. Kaya pala nag-aagawan tong dalawa. Kung lalaki lang ako, makiki-agaw din ako.

Kahit medyo madilim, kita ko yung kinis ng kutis. Mala-perlas, nahiya yung kutis ko'ng mala-kristal. Mahabang kulot ang buhok at mapula yung pisngi. Gusto ko din ng Rosy cheeks. Halos pantay na kami kahit obvious na mas bata sya.

Nakakahiya itsura mo Jay!

"**Anu nga pa lang ginagawa mo dito? Bakit mag-isa ka?**" Tanung nya sakin.

"**A-anu... K-kasi----**" bigla nalang tumunog yung cellphone nya. Sinenyasan nya ko ng isa sa daliri at bahagya'ng lumayo samin.

Habang hinihintay na matapos si Keigan sa kausap, hindi maalis yung tingin ko sa girlfriend nya.

May pagkakataon na titingin sya sakin at ngingiti ng nakakailang. Nakakahiya kasi yung ginagawa kong pagtitig sa kanya. Hindi ko matiis ih!

Bigla nalang tumunog yung cellphone nya. Kinuha nya yun sa bag na dala nya at kita'ng kita ko ang picture ni Blaster at may nakalagay na *Calling...*

Nataranta sya sa pagpatay ng phone at binalik yun sa bag nya. Tumingin sa side ni Keigan pero muka'ng hindi naman nya napansin. Kagat labi sya'ng humarap sakin at para'ng merong gusto'ng sabihin.

"**I-ikaw po si Jay-jay... Tama?**" Tanung nya sakin.

Nag-nod naman ako.

"**K-kasi... B-baka pwedeng...**"

Alam kong gusto nya'ng sabihin. Ayaw nya'ng makarating kay Keigan na tumawag si Blaster sa kanya. Ngumiti ako sa kanya at nagsenyas ng zipper sa bibig.

Tatahimik lang ako. Baka magkagulo o mag-away sila kung magsasalita pa ko.

"**Happy birthday...**" Sabi ko.

"**Thank you po.**" Sabi nya at ngumiti sakin ng makahulugan.

Tapos ng makipag-usap si Keigan at lumapit sya samin.

"**Andyan na daw si Kuya sa loob. Tara na?**" Tanung ni Keigan kay Elixera.

Kuya?

Si Keifer! Bigla nalang ako'ng na-excite sa hindi ko maintindihan na dahilan. Dahil na rin siguro sa nangyari kanina, gusto ko din sya makausap. Nauna pa ko kila Keigan na pumasok sa loob at paglapit ko sa table namin, andun sya at.....

May kasama'ng babae.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Chapter 166

Author's Note: Two Chapters Only, the reason why is because my grandfather died almost a week now. We're busy with the funeral and i can't focus to write the next few chapters. I hope you all understand.

Babawi nalang po ako next week, start na rin ng retreat nila. Malapit na tayo sa ultimate super duper climax at syempre sa ending.

Bread Knife

Jay-jay's POV

Nung nakilala ko si Freya, kinamuhian ko sya ng husto. Bakit? Simple lang.... Nakikipag-sabayan sya ng kamalditahan sakin. Kung nakapag-usap siguro kami ng maayos malamang may chance pa kaming maging magkaibigan.

Tatanggapin ko sya kahit muka sya'ng coloring book at may record sya ng pagiging Total Bitch.

Pero dahil pareho kami'ng hindi nagpapatalo. Hindi'ng hindi kami magkakasundo.

Buong akala ko si Freya na ang pinak-malala sa lahat pero mali ako. Mali'ng mali ako. Lalu na ng makaharap ko ang babaeng to!

Feeling ko nanadya yung parents ni Yuri----ay hindi!

Tanggaling natin yung word na '*feeling*' dahil sinasadya nila talaga to. Maki-share sa table? *Shutang'names!*

May sarili silang celebration, tapos makiki-share samin. Joke ba yun?! Mas muka pang-joke tong pagmumuka ng kasama ni Keifer. Maka-angkla sa braso nya wagas.
Formal na formal pa ang ayos nila.

Tropa yata ni Freya to eh! Mukang coloring book din. Ang weird pa

dahil pamilyar din sya sakin. Hindi ko maalala kung saang impyerno sya hinugot.

IMPAKTA!

Napatingin ako sa Mama ni Yuri. Nakatitig kasi sya sakin, ngumiti naman sya ng mapansin nya'ng nakita ko sya.

Nakita nga pala nya kami dati ni Keifer. Kaya siguro inaya din nya sila dito. Anung gusto nya'ng mangyari?

"**Iha...**" Tawag nung Papa ni Yuri dun sa babaeng PVTA na nakahawak kay Keifer. "**...Saan naman kayo nagkakilala ni Keifer?**"

Ngumiti yung babae. "**Thats a great question.**" Bahagya nya'ng niyugyog si Keifer. "**...Would like to tell them how?**"

Ay pvta! Ang landi talaga!

Bahagya'ng umubo ang PESTENG Hari ng mga Ulupong. "**I met her in a halloween party last year...**"

Halloween? Holy cow kalabaw! Yung Malandi'ng Bunny Girl na nakipag-sayaw sa kanya! Naalala ko na! Kaya pala ang init ng dugo ko sa kanya.

Nagpatuloy sya sa pagkukwento, kelan lang pala nya nalaman na pamangkin pala ni Mr. Ryder yung babae. At nakakabanas pa talaga ang pangalan nya... *Honey Bee Ryder.*

Nice! Pero bakit andito sya?!

Ang daming pagkain sa harap namin pero wa-epek sakin. Nawalan talaga ko ng gana dahil sa pagmumuka ng babae'ng to. Ang isa pang kinaiinis ko, hindi man lang ako tinitignan ni Keifer kumag. Isama pa don na halata'ng nakikiramdam sakin si Yuri at Mama nya.

Anu bang gusto nila?

"**Maki... Open your mouth.**" Sabi nung babae habang pilit

sinusubuan yung Kumag.

Anu ulit? Maki?! Maki! MAKI!!! Saan galing ang putangina'ng Maki na yun?

"**Maki?!**" Tanung ko na napalakas dahilan para tumingin sila sakin.

Pinagtaasan ako ng kilay ni Honey---na nga, Bee pa. "**Nickname ni Keifer. Bigay ko sa kanya! May problema ba dun?**" Maarte'ng tanung nya sakin.

Tinignan ko si Keifer pero wala sya'ng reaksyon habang nakatingin sakin. Anu ba? Bakit wala kang ginagawa? Wala ka man lang sasabihin?

"**W-wala...**" Sagot ko at kinuha yung bread knife katabi ng ibang kubyertos.

Makaka-laslas kaya ng leeg to? O kaya kapag binato ko, tatarak kaya sa lalamunan?

Baka pwede... Try mo kay Honey mukang Bee!

Napatingin ako sa plato ko ng may biglang maglagay ng patatas. Paglingon ko, si Yuri.

"**Bakit mo ko----**"

"**It's your favorite, right?**" Putol nya sa sasabihin ko.

Naalala nya pa pala yun. Nung minsan kami'ng nag-dinner sa bahay kasama si Lola, hiningi ko sa kanya yung Patatas.

"**Thank you...**" Sabi ko at nagpilit ng ngiti.

Hindi pa rin nawawala yung bigat ng pag-uusap namin kanina pero mas nananaig kasi yung pagka-irita ko dito sa dalawa.

Ngumiti din sya sakin.

"**Magka-ano-ano kayo'ng dalawa?**" Bigla'ng tanung nung Honey samin.

Nagbigla ako sa tanung nya. Hindi ko alam ang isasagot ko. Ang masama pa nito, tumingin din sila Kuya at parents ni Yuri sakin. Pare-pareho silang naghihintay ng isasagot ko.

Teka! Bakit ako?!

Pati sila Keigan at yung girlfriend nya tumingin din samin.

"**A-anu... K-kami----**" Bigla nalang hinawakan ni Yuri ang kamay ko. Napatingin ako sa kanya at ngumiti sya ng makahulugan.

"**We're more than friends but less than lovers.**" Sagot ni Yuri habang nakangiti kila Keifer at dun sa babae.

Tumawa naman ng bahagya yung parents nya at sila Keigan pero si Kuya at Keifer, seryoso ang mga muka.

"**Anu yan? Walang official relationship?**" Tanung ulit nung Honey.

Tumawa si Yuri. Anu yun? Anung '*More than friends but less than lovers*'? Ngayon lang ako nakarinig ng ganung relasyon.

"**...I understand. Meron talagang ayaw ng official relationship. Parang si Maki, ayaw pang makipag-official sakin.**" Sabi nya habang hinihimas ang balikat nitong PUTIK na Hari.

Nagpantig ang tenga ko sa sinabi nya. Ayaw ng official relationship sa kanya? Tangina lang! Hindi ka nga muka'ng kaseryo-seryoso tapos official pa.

Kakapiraso nga yung tela ng suot mo! Nag-eexpect ka pa ng official. *Ay ulowl!* Kalbuhin kaya kita?

May lalaki'ng waiter ang lumapit samin at may dala'ng cake. Tumayo si Keigan para kunin yung cake at ibaba sa harap ni Elixera. Nag-umpisa kaming kumanta ng '*Happy Birthday*' habang pumapalakpak.

Habang busy yung iba sa pagkanta, kinuha ko yung pagkakataon para tignan si Keifer. Buti nalang at nakatingin din sya sakin.

Pinandilatan ko sya ng mata. Gusto'ng gusto ko sya'ng sigawan at tadtarin ng mura. Pasalamat sya at marami kami'ng kasama. Muka'ng nakuha naman nya yung gusto kong sabihin dahil kamot batok sya'ng nagpilit ng ngiti na nag-mukang ngiwi.

"🎶*...Happy Birthday to you!*🎶" Pagtatapos namin sa kanta at hinintay si Elixera na i-blow ang candle.

Malakas na palakpakan ang ibinigay namin sa kanya. Bumalik sila sa pagku-kwentuhan. Pero ako bumalik sa pagtitig sa dalawa.

Inis na inis na talaga ko sa itsura nila. Hindi na ko nakatiis at kinuha ang phone ko. Halos madurog yung screen ng cellphone ko sa pagtype lang ng message. Pero binura ko din at nauwi sa pagsend ng emoticon na galit.

Hinintay ko na kuhanin nya yung cellphone nya at basahin ang message. Hindi naman ako naghintay ng matagal dahil kinuha din nya yun. Tinignan pa nya ko bago mag-reply.

From: *King Ulupong*
Message: '*I love you...* 😠'

Akala naman nya kikiligin ako sa message nya. Agad akong nagreply.

To: *King Ulupong*
Message: '*Ulol!*'

Nakita ko ang paglukot ng noo nya ng makita ang reply ko. Walang pang segundo ng mareceive ko ang sagot nya.

From: *King Ulupong*
Message: '*Profanity!*'

Napataas ang isang kilay ko. Talaga'ng nagawa nya pang idemand yun! *Animal!*

To: *King Ulupong*
Message: '*Muka mo profanity!*'

Nagpabalik-balik yung tingin nya sakin at sa phone nya. Habang

nagt-type ng sagot sakin, bigla nalang kinuha ni Honey yung phone nya at pinatay.

Binaba nya sa mesa at hindi man lang nagreklamo tong Gago na to! Humarap si Honey'ng bwisit sa kanya at hinawakan sya sa baba gamit ang isa'ng daliri.

"**I wan't your full attention to me. Only me.**" Sabi nya at inilapit ang muka nya kay Keifer.

Pvta! Ready na yung Bread Knife!

Hinawakan din ni Keifer yung baba nya. Napaka-landi talaga ng Ulupong na to! Pinagapang nya yung likod ng daliri nya sa pisngi at balikat nitong Honey'ng buset. Feel na feel naman nila at parang nakikiliti pa.

Tama na! Anu ba tong ginagawa mo Keifer?!

Ang bigat sa loob at para ako'ng maiiyak sa sobrang inis.

Bigla nalang may humawak sa kamay ko. Medyo nabigla ako dun pero kumalma din ng makita ko'ng si Yuri pala. Andun nga lang yung pagka-ilang.

Lumapit sya sakin ng kaunti at bumulong. "**Jealous?**"

Agad akong umiling. "**Naiirita lang ako sa muka nila.**"

"**That's part of jealousy.**" Tumingin sya kila Keifer. "**...Ang sarap nilang gantihan diba?**"

Ewan ko, pero nakaka-tempt yung sinabi nya. Totoo... Ang sarap nilang gantihan tapos pareho sila'ng gagapang na puro dugo.

Dahan-dahan akong nag-nod. Mas lumapit pa sya sakin at tumapat sa tenga ko.

"**Giggle.**" Bulong nya.

Huh?!

"**Anu? Goggle?**" Tanung ko at bigla nalang sya'ng natawa.

Nakuha non ang atensyon nila Keifer at Keigan na malapit samin.

"**Is that Mr. Billiones?**" Bigla'ng sabi nung Papa ni Yuri habang nakatingin sa grupo ng mga mukang business man dahil sa attire. "**...Come on Angelo. Ipapakilala ka namin.**"

Tumayo si Kuya at yung parents ni Yuri. Nilapitan nila yung grupo ng mga business man. Naiwan kaming anim sa table at halos mabigla ako sa tingin ni Keifer sakin.

Kulang nalang matunaw kami ni Yuri.

Ngayon ako titignan mo ng ganyan?

"**You're Jay-jay, right?**" Tanung ni Honey sakin. Nag-nod lang ako. "**...You look very familiar to me.**"

Hala!

Baka maalala nya na ako yung kasama nitong isa sa Halloween Party. Hindi nya pwedeng maalala! Alam kong nakita nya yung.... *Walang sagot sa tanung kung bakit ka mahalaga....*

"**Imposible! Unique kaya tong ganda ko. Mahirap hanapin.**" Sabi ko at bahagya'ng tumawa.

Tumaas ang kilay nya. "**Really? Saan naman mahahanap ang mga kagaya mo? Sa palengke?**"

Naningkit ang mata ko sa sinabi nya. Palengke?! At anung gusto nya'ng sabihin.

"**Excuse me?!**"

"**You're excuse.**" Sagot nya habang nakangiti ng mataray sakin.

Hinahamon ako nito. Teka! Hahasain ko lang ang Bread knife.

Bitch Mode: ON!

"**Ikaw? Saan nahahanap ang mga kagaya mo?**" Tanung ko.

Kita ko mula sa peripheral view ko ang pag-inom ni Yuri ng tubig. Niluwagan naman ni Keifer ang necktie nya at nagtinginan si Elixera at Keigan.

Nag-flip ng hair ang Gaga bago sumagot. "**Mahirap hanapin ang mga kagaya ko. I'm one of a kind.**"

Dahan-dahan ako'ng nag-nod. "**Ahh... Hindi ba sa Gay Bar?**"

Nalukot ang noo nya. "**What do you mean?**"

"**Muka ka kasing bakla.**"

Bigla nalang sila'ng tumawa maliban samin ni Honey. Itsura pa lang, halata'ng hindi magpapatalo ang Gaga.

Tumawa sya ng fake para makisabay sa tawa nila. "**Ha.Ha.Ha. You're so funny.**"

Ginaya ko ang tono nya. "**Ha.Ha.Ha. You're so Fanget.**"

Tuluyan ng nagsalubong ang kilay nya. Anu mang oras sasabog na sya. Baka bigla nalang nya kong sabunutan. Dapat hasa na ang Bread knife.

"**...este Funny pala.**" Pagtatama ko.

"**You know what?**" Nag-cross arm sya dahilan para lumuwa ang dibdib nya. "**...I don't like your tone. In fact, i don't like you at all.**"

Nag-cross arm din ako, yun nga lang walang dibdib na niluwa--- nakatago cleavage ko eh!

"**It's okay... I don't like you too and the feeling is mutual.**" Sagot ko sa kanya at ngumiti ng nakaka-asar.

Napailing nalang sya. "**This make no sense.**"

"**You make no sense.**"

Nag-uumpisa na sya'ng mamula sa galit. Hindi na rin maalis ang

masamang tingin nya sakin.

"**Relax... Please... Wag kayong gumawa ng eksena dito.**" Sabi ni Keigan.

Muka namang natauhan ang Honey na to. Huminga sya ng malalim at tumayo.

"**Restroom lang ako.**" Sabi nya at tumingin kay Keifer. "**...Wanna join me?**"

Join?! Join pala ah!

Pinandilatan ko ng mata si Keifer. Kulang nalang ibato ko sa kanya yung eye balls ko. "**Subukan mong tumayo dyan sa kinauupuan mo! Maniwala ka! Yan na magiging huling beses na makakatayo ka!**" Banta ko.

Kita ko ang pagbaba at taas ng adams apple nya. Mukang nakuha naman nya yung ibig kong sabihin at nagpaiwan nalang. Inis na naglakad si Honey'ng Bobita papunta'ng Restroom.

Ewan ko... Pero hindi talaga ako kuntento. Feeling ko kulang pa yung sagutan namin.

Tumayo ako at nagpaalam na mag-restroom. Walang pumigil sakin kahit gusto'ng gusto na ni Yuri. Mukang natakot din sya ng tignan ko sya ng masama.

Tuloy-tuloy akong naglakad papunta'ng restroom. Kagaya ng inaasahan ko, nakaharap sya sa salamin at nagr-retouch at mukang hinihintay nya ko.

Tinignan ko yung reflection nya sa salamin. Ganun din ang ginawa nya. Huminto sya at parang nakaramdam ang mga babaeng nasa loob ng restroom. Kusa silang lumabas meron namang hindi na tumuloy sa pagpasok sa cubicle.

Hinintay naming mawala ang mga tao bago sya magsalita. "**I remember you now.**" Sabi nya at umikot para humarap sakin. "**...Ikaw yung babae'ng kasama ni Keifer nung Halloween party. Ikaw din yung kahalikan nya that night.**"

Nag-cross arm ako. "**Eh anu ngayon?**"

Nag-smirk sya. "**May something na kayo nung katabi mo kanina diba? Tapos may Keifer pa. Ang landi mo naman pala.**"

"**Oo! Parang ikaw.**"

Tinignan nya ko mula ulo hanggang paa. Tumaas pa ang kilay nya ng makita ang sapatos ko. Alam ko, ang baduy ng naka-dress tapos sapatos.

"**Your not that pretty pero kung lumandi ka... Parang mauubusan ka ng lalaki.**" Sabi nya dahilan para magsalubungan ng tuluyan ang kilay ko.

Hindi ko gusto yung mga salita'ng binitawan nya. Parang nag-flash sakin yung mga sinasabi ng tao kay Mama.

"**Bakit hindi ka makasagot?**" Tanung nya sakin na para bang nanalo na sya. "**...Kasi totoo. Tama---Argh!**"

Nagdilim ang paningin ko. Sa sobrang galit ko dahil sa sinabi nya, kusa nalang gumalaw ang kamay ko para suntukin sya.

"**What the fvck!**" Sigaw nya habang hinahawakan ang ilong nya'ng dumudugo na.

Ayoko sana'ng manakit o makipag-pisikalan. Kayalang sinagad na ko ng babae'ng to. Sa unang pagkakataon.... Natalo ako sa labanan ng kamalditahan.

Dahil lang sa mga salita'ng minsan kong narinig na ibinato ng mga tao sa Mama ko.

Mauubusan ng lalaki.

Nanginginig ang kamay ni Honey habang pilit hinuhugasan sa lababo ang dugo sa ilong nya.

Lumabas ako ng restroom ng sobrang sama ang loob. Nasa hallway na ko ng makita ko si Keifer.

Tinignan nya ko at agad na lumakad palapit sakin. Hinawakan nya ko sa braso at isinandal sa pader. Nakangiti sya habang unti-unti'ng sinasandal ang mga palad para maikulong ako.

"**How's your conversation with Honey?**" Tanung nya na kinainis ko.

Para kasing hindi pangalan yung Honey kapag sa bibig nya nang-galing.

"**Paki mo!**" Pagtataray ko.

Bahagya sya'ng tumawa. "**Nag-seselos ka ba?**"

AKO?! MAGSESELOS?! AT BAKIT?!

"**Hindi.**" Mahinahon kong sagot.

"**Nagseselos ka.**"

"**Hindi nga.**"

"**Nagseselos ka.**" Paguulit nya.

Agad ko sya'ng tinulak ng malakas. Nabigla pa sya nung una pero naka-ayos din agad ng tayo.

"**Tang'na! Hindi nga sinabi! Hindi kaba makaintindi?!**" Galit na sagot ko sa kanya.

Hindi naman kasi talaga!

Tinaas nya ang dalawa'ng daliri nya. Akala ko nag-peace sign pero napansin ko yung nakakalokong ngiti nya.

"**Two profanity words----actually, it's three from yesterday.**" Pagtatama nya.

Hinampas ko yung kamay nya. "**Muka mo profanity! Nakahalik kana kahapon! Partida nanigarilyo ka, nalasahan ko.**" Lumapit ako sa kanya para amoyin. "**...At amoy kang sigarilyo ngayon!**"

Inamoy din nya ang sarili nya. "**Hindi naman ako nanigarilyo! Si**

Honey yun, kumapit lang sakin ang amoy."

Naningkit ang mata ko sa kanya. "**Magsisinungaling kapa! Dun ka magpaghalik sa HONEY MO!**" Sigaw ko at tuluyan ng naglakad palayo sa kanya.

"**Tapos hindi daw nagseselos.**" Dinig kong sabi nya.

Hindi naman talaga eh!

Parang tanga! Wala nama ako'ng dahilan para magselos. Bakit ako magseselos? Kasi mahal ko sya tapos mahal din daw nya ko? Pffft... Hindi din!

Pagbalik ko sa table namin, andun na ulit si Kuya at parents ni Yuri. Tinignan nila ko sandali at bumalik sa pag-uusap. Mukang nagkasundo-sundo sila dun sa pinakilala nila kay Kuya Angelo.

"**Nakapag-CR ka naman ng maayos?**" Tanung ni Yuri sakin.

Kung alam mo lang!

Nag-nod lang ako bilang sagot. Habang nakikinig sa pag-uusap nila Kuya, nakita ko si Keifer na akay-akay si Honey pabalik sa table namin.

"**Oh my... What happen?**" Nag-aalalang tanung nung Mama ni Yuri kay Honey.

Sinapak ko po!

Hindi makasagot si Honey dahil sa hirap sa pagsasalita. Muka'ng napuruhan ko sya ng husto.

"**Sorry Auntie and Uncle, but we have to go now. I need to bring Honey to hospital.**" Sabi ni Keifer at humalik sa pisngi nila.

"**Buti pa nga at baka kung anu mangyari sa kanya.**" Sagot nila.

Tinanung nya sila Keigan at muka'ng aalis na din sila. Nagpaalam sila sakin at tuluyang lumakad paalis ng restaurant.

Bago tuluya'ng mawala sa paningin ko. Nakita ko si Honey na ngumiti na nag-smirk at muling kumapit sa braso ni Keifer.

Humanda sakin tong Keifer na to!

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. 😊 + +

Chapter 167

Papers

Jay-jay's POV

"**Hoy! Bayad mo! Tatakas ka pa!**" Sigaw ni Rory habang naniningil.

Bigayan na kasi para sa retreat sa lunes. Hindi daw kasi sasagutin ng school yung mga pangangailangan namin.

Naming Section E lang!

Kinapa ko yung wallet ko sa bag. Kailangan ko na ding magbayad. Nakakahiya kung magpapahuli pa ko, ang hirap pa namang singilin ng iba.

"**Bayad ko!**" Sigaw ni Felix at tumingin sakin. "**...Bayad ka na?**"

"**Hindi----**"

"**Bayad na yan!**" Putol ni Rory sa sasabihin ko.

Tumigil ako sa paghahanap ng wallet sa bag ko. Taka ko sya'ng tinignan. "**Uy hindi pa!**"

"**Binayaran na ni Keifer kanina.**"

Yung kumag na yun?

Agad akong naglakad palapit kay Keifer na natutulog. Hinampas ko sya sa dibdib dahilan para magising sya at tignan ako ng masama.

"**Bakit mo binayaran yung sakin?**" Inis na tanung ko.

"**Kasi gusto ko.**" Bored nya'ng sagot at bumalik sa pagtulog.

Hinampas ko ulit sya. "**Gastusin ko yun.**"

Halata'ng napikon na sya sa ginawa ko. Mali yatang hinampas ko sya para magising. Pero nainis kasi ako.

Tumayo sya bigla at hinawakan ako sa kamay. Kinaladkad nya ko palabas ng room papunta sa gilid ng building.

Huminto kami ng medyo makalayo at inis akong tinignan.
"**Problema mo? Nililibre naman kita dati ah?**"

"**Iba kasi ngayon... Iba yung noon.**"

Nag-cross arm sya at tinitigan ako ng matagal. "**Yung totoo?**"

Yung totoo... Kasi... Haizt! Mula kasi nung kinwento nya sakin ang buhay nya. Napagtanto ko lang na sobrang yaman nya at ang hirap ko.

At kagabi, pag-alis nila ng restaurant. Pinag-usapan agad ng parents ni Yuri yung Watson Enterprise. Sa birthday daw ni Keifer, papalitan na yung CEO ng kumpanya at ibibigay na ang full access sa kanya.

Sa edad na 18 meron na sya'ng sariling kumpanya. Kamusta naman yun? Isa na sya sa pinaka-bata'ng bachelor at millioner----billioner sa pilipinas.

Kumpara naman sakin. Malapit na ko mag-18 pero flavor pa rin ng ice cream yun nasa isip ko.

Sobrang layo na talaga ng istado ng buhay nya sakin. Nakaramdam ako lungkot. Pakiramdam ko tuloy mas bagay talaga si Honey sa kanya.

Mayayabang---man pala!

"**Bakit hindi ka sumasagot?**" Tanung nya.

Umiling ako. "**Basta ako magbabayad ng mga bayarin ko.**"

Akmang lalakad na ko paalis ng bigla nya kong pigilan. Tignan nya ko sa mga mata, umiwas ako agad. Ayokong mahalata nya na meron ako'ng iniisip.

"Bakit hindi mo sinasagot tawag ko kagabi?"

Napalunok ako ng di-oras. Ilang beses nya kong tinawagan at tinext. Hindi ko sinasagot dahil sobrang naiinis ako sa kanya at dun sa Honey na yun.

Ayoko ng pulot!

"A-anu... May ginagawa k-kasi ako."

"And what is that?" Sabi nya habang humahakbang palapit.

Napahakbang ako palayo dahil sa lapit nya.

"Hmmm... Nagli-linis ng kwarto."

Totoo yun! Naglilinis talaga ako, lalu na ng makita ko yung ilalim ng kama ko. Puro pinagbalatan ng chutchirya.

"Ms. Mariano... Are you lying to me?" Humakbang na naman sya.

"Hindi ah! Totoo yun..."

"Is that really the reason? Kasi parang meron pang iba." Humakbang na naman sya.

Umtras ulit ako. Muntik pa kong matisod dahil sa bato buti nalang at naka-tindig ako agad.

"A-anu naman yun?"

Napatingin ako sa kanya, nakangiti sya habang hindi inaalis ang titig sakin.

"I don't know... Maybe jealous?"

Bigla nalang ako natawa sa inis. Anu'ng selos? Muka ba kong selosa? Saan ako magseselos? Sa kanila ni Honey? Hindi no!

"Asa! Sino'ng pagseselosan ko? Si Honey? Hindi uy!" Inis na sabi ko.

Bigla nalang sya'ng tumawa habang humahakbang palapit sakin.

Sinubukan kong humakbang ulit pero pader na pala yung nasa likod ko.

Hala!

Hindi ba ko pwedeng tumagos dito? Kagaya sa Harry Potter?

Hinawakan ni Keifer yung baba ko at pilit hinarap yung muka ko sa kanya. Kusa nalang nag-init ang pisngi ko.

"**Masyado kang obvious. Alam mo yun?**" Sabi nya na mabagal at halos pabulong.

Ang sarap pakinggan ng boses nya. Parang nang-aakit.

Naaakit ka naman?!

Oo----*shit!* Hindi ah!

"**...muntik ka ng idemanda ni Honey dahil sa ginawa mo sa ilong nya.**" Dagdag nya.

Nanlaki yung mata ko at muntik ng manlambot ang tuhod ko. Demanda? Makukulong ako!

"**D-demanda?**"

"**Yes... But we already talk about it. So, no need to worry.**" Sabi nya at ngumiti.

Hinimas-himas ng hinalalaki nya yung labi ko. Nakaramdam ako ng pagkailang. Ramdam ko na kasi kung anu yung gusto nya'ng mangyari.

"**Selosa.**"

"**Ay hindi ka seloso? Kahiya sayo ah!**"

Bahagya sya'ng tumawa. "**Edi inamin mo din na nagseselos ka nga.**"

Inamin ko ba? Hindi naman ah! Ayos tong kumag na to. Imbento ang putik.

"**Wala naman ako----**" Pinatigil nya ko sa pagsasalita gamit ang hinlalaki nya.

"**Stop explaining.**" Sabi nya at dahang-dahang nilapit ang labi nya sakin.

Inamoy ko muna sya ng hindi nya nahahalata. Wala'ng bakas ng sigarilyo, magaling ang luko'ng to.

Napapikit nalang ako habang hinihintay ang-----*ahihihihi! Ene be?*

Bakit ang landi ko? Kainis!

At nangyari na nga ang hinihintay ko. Umulan na ng pera. *Joke!* Nakadikit na ang labi namin sa isa't isa. Sa totoo lang, namiss ko to.

Unti-unti'ng lumalalim ang halik na yun. Nakahawak na ang kamay ko sa dibdib nya, payakap sa leeg. Nakahawak naman ang isang kamay nya sa batok ako at nakasandal sa pader ang isa.

Sa bawat galaw nya ay tugon ko naman, ng bigla'ng....

"**Ang tamis naman nyan.**"

Agad kaming naghiwalay. Napaharap nalang ako sa pader at kuwaring sinusuri yun. Tumalikod naman si Keifer dun sa nagsalita.

"**A-akala ko ba andito yung daan papunta'ng 9 3/4?**" Wala sa sarili kong tanung.

9 3/4? Sa Harry Potter yun ah!

"**It's in L-london. Not here.**" Sagot naman nung Kumag.

Napakagat nalang ako sa labi ko. Nakakahiya tong ginagawa namin.

"**Ayyiieeehh... Si Jay-jay dalaga na.**" Pang-asar ng kung sino.

Nilingon ko kung sino yun at kung mamalasin ka nga naman. Halos lahat ng kaklase namin pinapanood pala kami.

Pinangungunahan ni Ci-N, followed by Kit, Edrix, Rory and Felix. Yung iba naman nakangiti sakin. Wala yung ibang supporters ni

Yuri. Yung iba naman, mukang walang paki-alam.

"**Tss…**" Dinig kong sabi ni Keifer. Mukang napikon sya sa ginawa nila Ci-N at iba pa. "**…Do you need something?**"

"**Wala naman… Pinapatawag lang si Jay-jay sa Guidance.**" Sabi ni Kit.

Guidance?!

May ginawa ba kong kalokohan nitong mga nakaraan? Inaway ko ba si Freya o yung mga Section A? Yung Section D? May nakasagutan ba ko sa kanila?

Bakit ako pinapatawag sa guidance? Tinignan ko si Keifer.

"**Gusto mong ihatid kita?**"

"**Ayyiiieeehhhh….**" Sabi nila Ci-N dahilan para itaas ni Keifer ang gitnang daliri nya.

"**H-hindi na… Kaya ko.**"

Dahan-dahan pa kong naglakad. Kahit ilang beses ko kasing isipin kung anung ginawa ko para ipatawag ako, wala talaga kong maalala.

Isipin mong mabuti!

Nakagat ko nalang ang ibabang labi ko. Sa bawat hakbang ko, lalung bumibilis ang tibok ng puso ko. Hindi naman ako takot sa guidance. Mas takot ako kapag tinawagan nila si Kuya.

Aaaahhhh!! Magkakaroon ng delubyo. Hindi pwede, malilintikan ako dun. Habang patuloy sa paglalakad may bigla nalang bumunggo sakin. Muntik na kong matumba buti nalang at napahawak ako sa isa sa mga istudyante.

"**S-sorry…**" Sabi ko dun sa nahawakan ko.

Nag-nod lang naman sya at umalis na. Tinignan ko yung bumunggo sakin at kung suswertihin nga naman ako.

"**ARE YOU BLIND?!**" Galit na sabi sakin ni Freya.

Wala ako sa mood magpatol. Badtrip!

"**Kung bulag ako, anu ka pa? Tanga?**" Bored kong sagot sa kanya.

Nag-cross arm sya at mataray akong tinignan. Napansin kong napapahinto yung ibang istudyante para panoorin kami.

Tsk! Ayoko makipag-away.

"**Kung ako Tanga, ikaw inutil!**"

Bahagya ako'ng tumawa. "**Inamin mo namang Tanga ka?**"

Napaisip bigla sa sinabi ko. Kita'ng kita ko ang pagka-inis at dismaya sa kanya. Mulala kasi.

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nya. Tinuloy ko na yung paglalakad ko papunta'ng guidance.

Huminto ako sa mismong tapat ng pinto ng guidance office. Nagdadalawang isip pa ko kung kakatok ako. Panu nga kung pinatawag ako dahil may ginawa ako?

Hala! Lagot ka...

Busit naman kasi! Para tuloy ako'ng naiihi na hindi ko maintindihan. Namalipit nalang ako sa kinatatayuan ko at nagpa-ikot-ikot.

May ilang beses yata ako'ng nagpagiling-giling mula sa pwesto ko. Hanggang napatingin ako sa pinto ng guidance office. Nakabukas na yun at taas kilay na nakatingin sakin si Aries at ng iba nya'ng kaklase.

"**Weirdo.**" Komento nya at naglakad na paalis.

Anu'ng weirdo? Pasalamat ka kakalabas mo lng ng ospital. Naku! Gusto yata nya'ng ibalik ko ulit sya don.

Pinag-tatawanan pa ko ng mga kaklase nya. Akala nyo! May araw

din kayo sakin.

Pumasok na ko office at bumungad sakin ang guidance councilor---- *anu nga ulit pangalan nya?*

"**Ms. Mariano?**" Tanung nya.

"O-opo... Pinapatawag nyo daw po ako?"

"**Oo... Tara dito.**" Aya nya sakin habang naglalakad papunta sa pinaka-office nya.

Pagpasok sa loob, tinuro nya yung bakuan sa harap ng table nya. Naupo ako at hinintay sya. Meron sya'ng kinalikot sa drawer.

Mrs. Reyalidad.

Okay... Salamat sa name plate. Alam ko na ulit ang pangalan nya. Pagkatapos mangalikot sa drawer nya, naglakad na sya pabalik sa table at naupo sa trono nya.

Inabot nya sakin ang mga ilang pirasong papel. "**Papirmahan mo sa Guidance Councilor ng Holy Saints Highschool.**"

Dati kong school?

"Po? Bakit po?"

"**Kulang kulang kasi yung mga records mo na binigay nila samin.**" Tinuro nya yung isang folder na puro papel sa loob. "**...Ilang beses na namin silang tinatawagan pero '*we will call you back*' lang ang laging sagot nila samin.**"

"Records?"

Nag-nod sya sakin. "**Gusto kasi naming masiguro na okay ang mga records mo sa dati mong school.**"

Anung problema sa records ko? May galit pa rin yata sakin ang buong Holy Shit----Saints pala. Records nalang ginawa pang problema.

"**Panu po kung hindi ko mapa-pirmahan?**" Tanung ko.

"**Hindi ka makaka-graduate.**" Mabilis nya'ng sagot.

Shhooooooooooooooottttt!!!

Hindi ako gagraduate? Dahil lang sa records. Kamusta naman yun? My gudness... Ayoko pa namang bumalik sa Holy Saints. Asar naman!

Napatingin ako kay Ma'am. Gusto ko sanang maki-usap. Maki-usap na iutos nalang nila sa iba. Hindi ako makakabalik dun.

"**Hindi naman siguro magiging problema yun? Specially next week na ang retreat nyo at gaganapin yun malapit sa school na yan.**" Sabi nya na nagpagulo sa isip ko.

Gaganapin? Next week? Anak ng tokinawa'ng hapon! Next week na agad?! At dun pa talaga sa probinsya namin gananapin.

Nice...

"**...Sana mapapirmahan mo agad.**" Ngumiti sya sakin. "**...Ipapa-alam ko nalang sa Adviser mo ang tungkol dyan para pagayan ka nilang umalis.**"

Napitilan ako'ng mag-nod at ngumiti. Pero ayoko talaga. Ayokong bumalik sa dati kong school.

Marami akong mga naiwan don. Masasakit na ala-ala. Mga bagay na bahagi ng dating ako. Iniwan ko na yung mga yun nung umalis ako.

Ayoko na silang makita.

Wala ako sa sarili na naglakad pabalik ng room. Hindi ba pwedeng si Sir Alvin nalang magpapirma? Kainis naman!

Dahil tulala sa paglalakad aksidente kong nabunggo yung kasabay kong maglakad. Pagtaas ng ulo ko para tignan sya, natigilan ako.

"**Sorry... Ayos ka lang?**" Tanung sakin ni Yuri.

"O-oo... Okay lang. Sorry din."

Bumalik ako sa paglalakad at sinabayan nya ko. Pumasok na pala ulit sya. Good news dapat yun pero mas inaalala ko yung papel na hawak ko.

Pagbalik sa room, bigla nalang silang tumahimik. As in tumahimik na parang may dumaan na anghel.

Pag-angat ng tingin ko. Mata agad ni Keifer ang sumalubong sakin. Hindi ko na siguro kailangang sabihin na nakakatunaw ang galit nyang tingin.

Hinawakan ni Yuri yung balikat ko at naglakad papunta sa pwesto nya. Sumunod ako at agad na nilagay yung mga papel sa bag ko.

Pag-upo ko, sobrang bigat ng awra sa room. Kahit my kanya-kanya silang ginagawa, parang inaabangan nila yung aksyon ng isa't isa.

Anung meron?

Hindi ako naging komportable. Idagdag pa yung mga papel na kailangan kong papirmahan.

Naisipan kong mag-cr muna para maghilamos. Kailangan ko talaga yun ngayon. Mabilis ang naging kilos ko papunta sa CR.

Padating na kasi yung sunod naming teacher. Ginawa ko na yung balak ko, medyo maginhawa naman sa pakiramdam.

Nag-ayos na ko at bumalik sa room. Kakatuntong pa lang ng paa ko sa building ng makita ko si Ci-N na tumilapon palabas ng room.

Hala!

Kasunod nya si Josh na agad sya'ng sinuntok. Nataranta ako kaya agad akong lumapit sakanila.

Aawatin ko sana sila pero natigilan ako sa eksena sa loob ng room. Nagsusuntukan silang lahat. As in silang lahat!

"Anung..." Bulong ko.

"*Tangina mo!*"

"*Gago ka!*"

"*Eto sayo!*"

"*Pakyu!*"

"*Angot ng hininga mo!*"

"*Magbayad ka ng utang!*"

"*Walang forever!*"

Nasabunutan ko nalang ang sarili ko sa nangyayari. Ang gulo nila at anu ba talaga'ng pinag-gaga-gawa nila?

Wag kana ulit mag-cr!

Nakita ko sa gitna si Keifer at Yuri. Nakatumba si Yuri at masama ang tingin sa kanya ni Keifer na nakatayo malapit sa kanya. Sarado'ng sarado ang kamao nito.

Kahit hindi ako sigurado, agad akong tumakbo palapit sa kanila. Handa ng suntukin ni Keifer pero bago pa nya magawa yun yumakap na ko sa kanya.

"Jay!" Banggit ni Yuri sa pangalan ko.

Sandali ko sya'ng tinignan at tinuon ang pansin kay Keifer.

"Anu to? Anu'ng nangyayari?!" Nag-aalalang tanung ko.

Unti-unti ring tumigil sa pag-aaway yung iba. Umiwas sya ng tingin at halata'ng walang balak magpaliwanag. Bumitaw ako sa kanya at hinarap si Yuri na dahang-dahang tumatayo.

"Anu'ng nangyayari? Bakit kayo nagkakagulo?"

Akala ko sasagot sya pero kagaya ng ginawa ni Keifer, umiwas lang din sya ng tingin.

Mga wala talaga silang balak sumagot kaya tinignan ko yung iba.

Puro iwas tingin lang naman ang ginawa nila. Magsasalita sana si Ci-N na kakapasok lang ng room pero tinakpan ni David ang bibig nya at hinawakan sya ng mahigpit.

Ang mga putik!

Nakaramdam ako ng inis sa mga ginagawa nila. Obvious naman na walang magsasalita.

"**Walang magsasalita sa inyo?**" Inis kong tanung.

At kahit sa tanung ko na yun, wala pa ring sagot. Sa sobrang inis kinuha ko yung bag ko at mabilis na lumabas ng room. Bahala na sila! Nawalan na ko ng ganang pumasok.

Kainis!

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ + +

Chapter 168

Author's Note: Walang edit-edit to mga Bes.. pasensya na!

Belated Happy Birthday kay Clifford Millos and sakin. Hahaha..

Exam

Jay-jay's POV

BAKIT?!

Bakit walang nagsabi sakin na ngayong sabado ang exam? Pinandigan ba nila yung hindi pagka-usap sakin? Pati araw ng exam hindi nila sinabi.

Naiiyak ako!

Bukod sa hindi nila ko sinabihan. Wala din akong review. Katapusan ko na ba?!

"**Kuuuyyyaaaa... Wala akong ka-review-review. Sige na!**" Paki-usap ko kay Kuya Angelo habang sumusunod sa kanya.

Dahil wala ako'ng ka-review-review, binalak kong magpalusot at umarteng may sakit. Kayalang wa-epek!

Pinapaki-usapan ko nalang sya na tawagan ang school at sabihin na may sakit ako.

At kasalukuyan kami'ng nagpipilitan.

"**...Kuuuuyyyyaaaa...**"

Tumigil sya sa paglalakad at tinignan ako ng masama. "**Tigilan mo ko! Hindi ko kukunsintihin yang gawain mo na yan!**"

Maiyak-iyak akong yumakap sa kanya habang nakatingin sa mga mata nya. Hindi sya gumagalaw at ganun pa rin ang tingin sakin.

"Sige na please... Sabihin mo kukuha nalang ako sa Monday." Paki-usap ko.

"Retreat na sa Monday." Biglang singit ni Aries habang dumadaan sa likod ko.

Bumitaw ako kay Kuya at tinignan sya. Monday na talaga? Di nga?

"Kaya kailangan mo talaga'ng pumasok at mag-exam ngayon." Sabi ni Kuya at tuluyan ng umalis sa harapan ko.

T_T... *Iiyak na ko talaga.*

"Napapala ng tamad pumasok." Parinig ni Aries at lumabas na ng pinto.

Kasalanan ko ba? Ginalit ako ng mga Ulupong na yun. Tinamad na ko pumasok at ilang araw din yun. Sila talaga ang sisihin ko dito.

R.I.P. sa grade ko. Nakasimangot akong naglakad papasok ng school. Gagamitin ko sana ang bike ko, kayalang wala ako sa sarili baka maaksidente ako.

Pagdating sa school, si Calix ang una kong nakita. Mukang kakahatid lang nya kay Mica. Nginitian nya ko pero hindi matatago nun yung pasa sa tabi ng labi nya.

Nahalata nya agad na dun ako nakatingin kaya agad syang umiwas at nauna na sa paglalakad papasok ng room. Halos ayaw humakbang ng paa ko pero kailangan kaya pinilit ko.

Mula sa gilid ko nakita ko si Felix at Rory. Pareho silang ngumiti sakin pero mukang nasaktan si Felix dahil sa sugat sa labi nya. Tinignan ko naman yung pisngi ni Rory na may gasgas.

Hindi ko magawang suklian yung mga ngiting binibigay nila. Inuunahan ako ng pag-aalala. Sanay na kong makita na meron silang sugat o pasa sa muka kapag pumasok pero kapag naiisip ko na sila-sila rin ang may gawa nyan sa isa't isa. Nalulungkot ako.

Hindi naman dapat ganyan.

Bagsak ang balikat kong pumasok sa room. Hindi makabasag pinggan, yan sila ngayon. Sobrang tahimik, meron mang nag-uusap pero sobrang hina naman.

Nginitian ako ni Ci-N, nahiya na ko kaya nagpilit ako ng ngiti pero nag-mukang ngiwi. Paglapit ko sa upuan ko, nakapanga-lumbaba ang Hari. Nakaharap naman sa notes si Yuri.

Gusto ko sanang mag-review, pero mukang wala rin namang papasok sa isip ko. Malalim na buntong hininga ang pinakawalan ko. Kaylangan ko pa ring subukan.

Binuksan ko yung bag ko pagka-upo. Kukuhanin ko na sana yung notes ko pero natigilan ako sa nakita ko.

Bakit ang daming chocolate?

Tinignan ko muna yung paligid. Baka kasi may makakita nito at kuyugin nila ko dito.

Inisip ko agad kung nanganganak ba ng chocolate yung Jansport na bag. Kasi wala akong maalala na bumili o nanguha ako-----*ahh! Okay...*

Si Tita Gema ang naglagay nito. Nakita ko sya kanina na may hawak na isang supot ng chocolate. Binanggit din nya na maganda daw kumain nito habang nagr-review.

Kaya pala ang bigat ng bag ko kanina. Napatingin ako kay Ci-N. Nag-tutupi sya ng papel at ginagawa'ng eroplano.

Light bulb... 🌤

Malawak ang ngiti ko habang kumukuha ng chocolate sa bag.

"Ci-N!" Tawag ko sa kanya.

Humarap sya sakin habang hawak-hawak yung papel na eroplano.

Pinakita ko yung chocolate sa kamay ko. Parang aso'ng nag-laway ang luko. Hindi lang sya ang ganun ang reaksyon, pati yung iba napatingin na rin sakin at sa hawak ko.

"**Akin yan?**" Inosente nya'ng tanung.

"**Sayo... Kung sasagutin mo ang tanung ko.**" Sabi ko pero bigla nalang sya'ng tumalikod.

"**Hindi! Alam ko na itatanung mo! Hindi ko sasagutin!**" Sigaw nya ng hindi tumitingin sakin.

Ppfffft... Badtrip!

Pero hindi ako susuko. Alam ko weaknesses nyo mga Tsong!

Tinignan ko yung iba. Agad silang umiwas ng tingin kahit gusto'ng gusto na nilang manghingi.

Tss... Kala nyo susuko ako? Hindi uy!

Binuksan ko yung isang chocolate. Dahan-dahan kong kinagat yun at may papikit-pikit pa kong nalalaman na parang nasa isang commercial sa tv.

"**Shit... Ang sarap.**" Parinig ko sa kanila. "**...Yung natutunaw sa dila mo agad-agad.**"

Tinignan ko sila pero patay malisya ang mga luko kahit napapakagat na sa labi yung iba.

"**...Yung tamis na hindi nakaka-umay.**" Parinig ko ulit.
"**...Masarap kumain ng ganito lalu na kapag nagre-review.**"
Tinignan ko si Yuri na nakatingin sakin.

Kita ko ang pagbaba at taas ng adams apple nya. Pinilit nyang tumingin ulit sa notes nya.

Iwas pa more.

Tumingin naman ako sa side ni Keifer. Pinunasan ko yung part ng labi ko na may chocolate gamit ang hinlalaki ko at sinubo yun. Diretso lang ang tingin ko sa kanya na parang nang-aakit.

"**Masarap... Promise.**" Sabi ko na may mababang boses.

Bigla nalang nya'ng kinuha yung bag nya mula sa sahig at kinandong yun. Niyakap nya ng isang kamay nya yung bag at bumaling sya sa ibang direksyon.

Iwas lang...

Tumingin naman ako sa mga ulupong. Meron pang nagpunas ng bibig sa sobrang paglalaway.

Narinig ko yung phone ko kaya kinuha ko agad. May dumating na text message.

From: *King Ulupong*
Message: '*Stop it! Ur turning me on!*'

Anu daw? Hindi ko gets. Tinignan ko sya sandali at kita ko ang pagdiin nya ng bag nya sa ibabang parte.

Okay... Sorry naman.

Magre-reply na sana ako pero bigla nalang dumamba si Ci-N sa harap ko. Mangiyak-ngiyak pa sya.

"**Magsasalita na ko... Bigyan mo lang ako.**" Paki-usap nya.

Malawak na ngiti ang sinagot ko sa kanya. Inubos ko muna yung hawak ko. Binuksan ko yung bag ko at pinakita sa kanya ang laman. Sinugurado ko na makikita din ng iba yun.

"**Kita mo to?**" Tanung ko sa kanya.

Nag-nod naman sya habang literal na tumutulo ang laway.

Yackness!

"**...Sagutin mo lang ang tanung ko at sayo na lahat ng to.**"

Nag-nod ulit sya pero kasabay nun ang sigaw ng mga Ulupong sa kanya.

"*Wag Ci-N!*"

"*Wag ka magpa-uto!*"

"*Chocolate lang yan! Makakabili tayo!*"

Yung nga lang parang nabingi na si Ci-N dahil sa dami ng chocolate na kaharap nya. Halos pumalakpak ang tenga ko sa tuwa.

"**Sabihin mo Ci... Bakit kayo nagkaka-gulo kahapon?**" Tanung ko.

Tumingin muna sya kay Keifer at Yuri. Pagkatapos ay sinenyasan nya kong lumapit sa kanya. Ginawa ko naman at bumulong sya.

"**Nag-away kasi si Keifer at Yuri. Syempre, kanya-kanya kami ng sinusuportahan kaya nagrambulan.**" Paliwanag nya.

NANGYAYARI NA NGA!

Eto na nga yun. Nahahati ang Section E. Hindi dapat ganito. Binalot ako ng pag-aalala at tinignan silang lahat. Kanya-kanya ng iwas ang mga luko.

"**A-anung pinag-aawayan nila?**"

Kinagat ni Ci-N ang labi nya at tumingin kay Keifer sandali. Pagbalik ng tingin nya sakin umiling lang sya.

Binuksan ko pa lalo ang bag ko at nilapit sa kanya. Nangingintab pa ang mata nya habang nagpipigil kumuha.

"**K-kasi... Anu----**"

"**Shut your mouth Ci-N!**" Putol ni Keifer sa sasabihin nya.

Tinignan ko sya ng masama. "**Manahimik ka dyan!**"

Tinignan ko si Ci at kita ko ang takot sa kanya. Kasabay nun ang pagkagat sa labi nya na minsan lang nya ginagawa. Alam kong malaki ang takot nya sa Hari ng mga Pesteng Ulupong.

"**Tangina! Magsalita na kasi kayo!**" Sigaw ni Mayo dahilan para tumingin kaming lahat sa kanya.

"**Tumigil ka! Wag ka na makialam!**" Balik na sigaw sa kanya ni

Eren.

"**Pinapahirapan nyo lang si Ci-N!**" Singit ni Denzel.

"**Wag na kayo makialam!**" Sigaw ni Kit.

Tinitignan ko lang sila. Hindi ko maintindihan. Mahirap bang sabihin yung dahilan ng pag-aaway nila?

Sinenyasan ko si Ci-N na kuhanin na yung mga chocolate sa bag ko. Nag-alangan pa sya nung una pero nginitian ko sya.

Pagkakuha nya bumalik na din sya sa upuan nya. Tinignan ko si Keifer na masama ang tingin kila Mayo. Bakit ba ayaw nya'ng pagsalitain yung iba?

Dumating si Sir Alvin dala ang mga test questioner namin. Hindi muna sya nagsalita, mukang naramdaman nya yung tensyon sa buong room.

"**Bumalik na kayo sa mga upuan nyo! Andito na si Sir.**" Sabi ni David dahilan para umayos na ng upo yung iba.

Habang nage-exam, hindi yung sagot ko sa test ang inaalala ko. Yung naging away nila. Kung bakit ayaw pa nilang sabihin sakin. Yung mga bagay na yun.

Sunod-sunod na nagpasa ng papel ang mga Ulupong. Sa halip na magstay, kinukuha na nila yung mga bag nila at nagsisi-labas na ng room.

Para akong napag-iwanan kaya kahit labag sa loob ko, napilitan akong manantsa ng sagot at ipasa na rin yun kay Sir.

"**Ms. Mariano.**" Tawag sakin ni Sir bago ako maglakad palabas ng room.

Humarap ako sa kanya. "**Po?**"

"**Yung mga papapirmahan mo ah? Wag mo kakalimutan sa Monday.**"

Nag-nod lang ako sabay ngiti. *Kainis!* Yun pa nga pala. Dagdag sakit din sa ulo ko yun.

Paglabas ko ng room, wala sila. Mukang umuwi na para hindi ko makompronta. Napilitan akong umuwi agad. Sinubukan kong itext si Yuri o kaya si Keifer tungkol don pero hindi din sila sumasagot.

Kahit yung iba tinext ko na din pero wala akong napala sa kanila. Nakarating ako sa bahay at muka agad ni Aries at Ella ang bumungad sakin.

Wala ako sa mood na harapin sila kaya dumiretso ako sa kwarto. Nagbihis muna ko bago mahiga sa kama. Ilang beses kong binalik-balikan yung inbox ko at baka magreply na sila.

Badtrip naman!

Narinig kong may kumatok sa pinto at unti-unti'ng bumukas yun. Nakatalikod ako don kaya hindi ko nakita kung sino.

Si Kuya Angelo o Tita Gema ang unang pumasok sa isip ko.

"**Okay lang po ang exam ko. Gusto ko po muna sanang magpahinga.**" Sabi ko ng hindi lumilingon.

"**Your room is very simple.**"

Napabalikwas ako ng bangon. Hindi si Kuya Angelo o Tita Gema yun. Isang tao na hindi ko inaasahan na papasok sa kwarto ko. Gulat ko syang tinignan.

"**A-anung ginagawa mo dito?**" Tanung ko kay Ella.

Niligid muna nya ang paningin sa kwarto ko. Buti nalang at naglinis ako nung nakaraan. Sakin bumagsak ang huling tingin nya.

"**Gusto sana kita'ng maka-usap.**" Diretso nyang sabi. "**...Can i look around?**"

Nag-nod lang ako para hayaan sya. Wala namang maganda sa kwarto ko. Wala ring disensyo o ka-aya-aya'ng bagay para tignan.

"**Kayo na pala ni Keifer.**" Sabi nya habang tinitignan ang study table ko.

Hindi ako sumagot pero hindi ko inalis ang mga mata ko sa kanya.

Anu bang kailangan mo?!

"**...Panu si Yuri?**"

Bahagya akong natawa. Sabi na nga ba. Tungkol lang to kay Yuri at Keifer. Sa dalawang lalaki'ng naging bahagi ng nakaraan nya sa Section E.

"**Anu si Yuri?**" Bored kong tanung.

"**Hindi mo naman pala sya gusto, bakit magpapakasal ka pa rin sa kanya?**"

Tumaas ang isang kilay ko. "**Sa kanya mo sabihin yan. Wag sakin.**"

"**Kilala ko si Yuri.**" Sabi nya at hinawakan yung box ng singsing na nasa table lang din. "**...umaasa pa rin sya.**"

Binaba nya yun at naglakad-lakad pa sa harap ko.

"**...at hindi sya aasa kundi hindi sya pinapa-asa.**"

Nice...

Ginagalit ako ng babae'ng to! Anu namang gusto nya'ng iparating?

"**Oh?**"

"**Tigilan mo na si Yuri. Sinasaktan mo lang sya.**" Utos nya sakin.

Tumayo ako mula sa pagkakaupo sa kama. Tinignan ko sya ng masama.

"**Look whose talking. Baka nakakalimutan mo sinaktan mo din sya!**"

Sinabayan ni Ella ang mga tingin ko sa kanya. Itsura pa lang nya

alam ko ng hindi sya papatalo.

"You don't know what exactly happen. Kaya wala kang karapatan na pagsalitaan ako ng ganyan!"

"Ganun ka din sakin. Kaya wag mo din akong pagsasalitaan."

Lumakad ako palapit sa pinto at binuksan yun. Pero hindi para sakin, kundi para sa kanya.

"Pwede ka ng umalis."

Tinignan muna nya ko bago tuluyang lumabas ng pinto. Isasara ko na sana pero nagsalita pa sya dahilan para tumigil ako.

"You'll regret being with Keifer. Trust me... I've been there."

Anu'ng....

"Ella!" Boses ni Aries.

Naglakad na si Ella paalis. Sinara ko yung pinto ng kwarto ko at napa-upo ako sa dulo ng kama.

Anung ibig nya'ng sabihin? Tsaka bakit ba nakikialam sya? Anu bang paki-alam nya samin? Si Aries na ang kasama nya dapat yun nalang ang inaalala nya.

Dahil sa mga sinabi nya, nadagdagan lang ang isipin ko. Hindi ko namalayan na hapon na at dumidilim na din sa labas.

Lumabas muna ko ng kwarto para uminom ng tubig. Kasalubong ko pa si Kuya na naka-porma ng maganda.

"Bakit hindi kapa naka-bihis?" Tanung nya sakin.

Taka ko syang tinignan. **"B-bakit?"**

"We have dinner date with the Peralta's."

Ngayon na ba yun?

Agad akong bumalik sa kwarto para mag-ayos. Namili din ako ng

maayos na damit. Yung pang-mabigatan.

Agad akong pumunta sa Sala at andun na din sila Kuya Angelo at Tita Gema. Hindi kasama si Tito Julz dahil may tinatrabaho pa daw sya. Si Aries ayaw talagang sumama.

Inayos sandali ni Tita Gema ang buhok ko at mabilis kaming sumakay. Late na daw kasi kami----dahil sakin syempre. Sa isang Chinese Restaurant daw kami kakain.

Taray nila Ci-N!

"**Kamusta exam Jay?**" Tanung ni Kuya sakin habang nagd-drive.

Tumingin ako sa bintana. Panu ko kaya sasabihin sa kanya na wala akong naisagot na maayos?

"**O-okay lang...**" Sagot ko.

Hindi na nagtanung si Kuya o kahit si Tita. Mukang tanggap naman nila yung sagot ko.

Huminto si Kuya sa parking ng Chinese Restaurant. Si Ci-N agad ang nakita ko na nakatayo sa entrance. Malawak na ngiti ang sinalubong nya sakin.

"**Good evening Mr. Fernandez.**" Bati ng Kuya ni Ci-N kay Kuya Angelo.

Nag-shake hand sila sandali. Ganun din ang ginawa nila ni Tita Gema pero pagdating sakin, tinignan lang nya ko ng masama.

Sundutin ko MATA mo!

"**Tara na po sa loob.**" Aya nya samin.

Sinabayan ko si Ci-N sa paglalakad. Hawak ko ang braso nya at sinadya ko na magpahuli. Marami kasi syang utang na sagot sakin.

Wala na si Keifer, wala na sya'ng kakatakutan sa pagsagot.

Bwuahahahaha...

"**Hoy... Marami kang utang sakin.**" Bulong ko sa kanya.

Bigla nalang syang naging seryoso. Huminto sya sa paglalakad at tinignan ako.

"**Jay... Ayokong magsalita tungkol don. Hindi kasi dapat sakin mang-galing.**" Hinawakan nya ang kamay ko. "**...pero sana, patawarin mo ko.**"

Patawarin?

"**Anu bang... sinasabi mo?**"

"**Malaki ang kasalanan namin sayo. Sobrang laki.**"

Hindi na sya nagsalita pa. Gustuhin ko mang magtanung hindi ko na magawa. Panibagong isipin yung mga sinabi nya sakin.

Kasalanan?

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. 😈 + +

Visit our fb group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 169

Holy Shit

Jay-jay's POV

Simple lang ang probinsya namin. May parte na mabahay at may parte na mabukid. Hindi kagaya sa syodad na dikit-dikit ang mga sasakyan, mas uso dito ang paglalakad o pagbibisikleta.

Nung nagka-isip ako----base sa naaalala ko----kaunti lang ang kapitbahay namin. Hindi tapos ang bahay namin ni Mama. May kwarto yun na para sakin at para kay Mama.

May punong malaki malapit samin, madalas akong umakyat dun kasama si Aries.

Nung nangyari ang hindi ko maalala'ng insidente *daw*. Pagkagaling sa ospital, lumipat na ko kay Lola. Mas malaking bahay, luma yun at parang bahay kastila pero matibay.

Ipinasok ako sa isang public school pero hindi naging maganda ang buhay istudyante ko dun. Lagi akong napapa-away kaya inilipat ako sa pribado. Akala nila----na akala ko din----magiging maayos ako sa Holy Saints.

Naging sikat ako, hindi dahil sa kagandahang taglay ko. Kundi dahil lagi akong napapa-away. Wala akong kaibigan, takot sakin ang ibang kaklase ko, plastikan naman yung iba dahil may pakinabang sila sakin.

Araw-araw ata ako sa Guidance office. Araw-araw din silang tumatawag kay Lola pero nung nagsawa sya, si Kuya Angelo na ang pinapunta nya. Kahit nasa syodad umuuwi sya samin para lang puntahan ako sa school.

Dun ako natakot sa kanya!

Hangang sa dumating si Cyrus, niligawan nya ko kahit obvious

naman na hindi namin gusto ang isa't isa. Ginamit lang nya ang kasikatan ko. Dahil walang magawa sinagot ko sya at hindi ko alam na yun na pala ang mitsa ng problema.

Baliw sya!

Pinalitan nya ko sa trono. Naging siga ng school at feeling ang galing galing. Hangang sa nangyari ang hindi ko inaasahan. Sinaktan ko sya ng hindi sinasadya. Inatake si Lola sa puso at muntik ng mamatay.

Yun na rin ang naging dahilan kaya kinuha ako nila Tita. Iniwanan ko sa probinsyang to lahat ng masakit na ala-ala.

Hindi ko alam na babalik ako dito agad. Agad-agad? Gusto ko sana yung mga tipong 3-5 years after.

"**Malapit na sa camping site...**" Announce ni Sir Alvin sa microphone sa loob ng bus.

Gumising na yung ibang tulog at nag-inat. Meron pang naghikab at binalak bumalik sa pagtulog.

Buti nalang talaga at meron na kaming saliring bus. Akala namin makikisiksik na naman kami sa ibang Section.

Ayoko nun!

Napatingin ako sa katapat kong upuan. Nakatitig sakin si Keifer pero umiwas lang ako ng tingin. Masama pa rin ang loob ko sa kanila.

Pero hindi yun ang totoong dahilan ng pag-iwas ko. Nasa school pa lang kami, hindi na ko mapakali hangang sa nakarating kami sa probinsya. Ayoko'ng mapansin nila yun kaya umiwas ako. Pinili ko ring umupo sa dulo kung saan malayo sa iba.

Nakikita ko na yung mga lugar na dati kong pinupuntahan. Nakarating na kami sa magubat na parte. Pumasok kami sa isang lumang gate na may nakalagay na Camp is Rock.

Huh?!

Wala bang originality ang namamahala dito? Tanggalin nalang yung '*is*', ka-title na nung napanood kong movie.

Huminto ang bus at nagsibaba na kaming lahat dala ang mga gamit namin. Nature trip ata ang balak nitong organizer namin.

Napuntahan ko na dati ang lugar na to pero hindi pa develop. Ginawa lang naming tambayan to at dito kami nag-iinom. Kayalang pinaalis kami ng may-ari ng lupa, marami daw kasing ahas dito.

Baka naman may ahas pa dito?

Kagaya ng inaasahan ko, lumabas ang kaartihan ng mga ka-batch namin. Sino ba naman kasing tanga ang pupunta ng retreat tapos naka-hills?

Si Freya!

Mulala kasi ang Gaga. Ang taas-taas ng hills nya akala ata mag-mall kami. Artih-arti kasi!

"**Dito po tayo!**" Aya samin ng organizer gamit ang megaphone.

Tumapat kami sa harap ng isang hall. By section ng pila at mula sa pwesto namin, nakita ko si Aries na nakatingin sakin. Alam kong alam nya na hindi ako masaya'ng umuwi ng probinsya.

Merong sinabi at pinaliwanag ang organizer. Hindi ko na naintindihan dahil iba ang iniisip ko.

"**...Makikita nyo ang bawat flag ng Section nyo at don ang magiging camping site nyo.**" Dagdag nya at sumenyas samin na gumorabels na.

Walang gumagalaw samin ng mga Ulupong. Wala atang gana na hanapin ang camping site namin.

"**Saan yung satin?**" Tanung ni Blaster
Tinuro ni David ang isang daan na pahiwalay sa iba. Bigla nalang akong kinutuban. Iba kasi yung daan nung camping site namin.

Kahit mga walang gana----na pinangungunahan ko----pinilit naming

puntahan yung camping site namin.

Ganun nalang ang dismaya namin ng makita ang lugar. Ang dumi! Ang kalat! At parang hindi tao ang nag-camping dito!

Alien ata?!

Sa hindi kalayuan ay tanaw ang matatayog na damo. *Anaknang...* Panu kung may ahas dyan?

"**Dito talaga tayo?**" Tanung ni Felix habang sinisipa-sipa ang sunog na lata sa sahig. "**...may galit ba satin ang organizer?**"

Gusto ko ding itanung yan. Parang hindi talaga kami kasali sa retreat na to. Kaya nga naningil sila Rory dahil hindi daw kasi kami kasali sa badget.

"**Parang ang liit ng lugar natin?**" Sabi ni Eman habang naglalakad-lakad.

Niligid ko yung mata ko. *Tama sya!* Maliit para sa 17 katao na magtatayo ng tig-iisang tent.

May galit nga ang organizer samin!

"**Andito na tayo... Wala na tayong magagawa.**" Sabi ni Denzel at pilit nilinis ang isang bahagi. "**...iayos nalang natin ang mga gamit.**"

Ginaya ng iba yung ginagawa nya. Binaba muna nila yung mga dala at nag-set up ng tent. Itatabi ko sana ang tent ko sa tent ni Ci-N pero bigla nalang may kumuha ng bag ko.

"**Hoy!**" Sigaw ko kay Keifer.

Bigla nyang binaba yung bag ko at dali-daling binuksan. Sya rin ang nanguha ng mga parte ng tent at pilit kinabit yun.

"**Anu'ng ginagawa mo?**" Inis na tanung ko.

"**Nag-lalaba.**" Sarakastiko nya'ng sagot. "**...are you blind?**"

Inis akong napakamot ng ulo. Ang aga mang busit nitong Hari na to! Wala akong nagawa kundi ang lumapit sa kanya at tulungan sya.

Nang-matapos ang pagtatayo ng mga tent, dun ko lang napansin na katabi pala ng tent nya yung sakin.

Kaya pala dito nya ko pinwesto!

Pumasok ako sa loob ng tent at inayos yung ibang mga gamit ko. Unan, kumot, maliit ng lamp at syempre.... Si Snorlax.

Hindi ko sya pwedeng kalimutan, kahit medyo nahirapan akong isiksik sya sa malaking bag ko. Habang nag-aayos, napatingin ako sa envelop sa loob ng bag ko.

Tsk! Yung papapirmahan ko!

Sinugurado ko munang okay na ang mga gamit ko bago isara yung tent. Hawak hawak ko yung envelop at hinarap si Keifer.

"**A-aalis muna ko.**" Paalam ko sa kanya.

"**Saan ka pupunta?**" Tanung ni Yuri.

"**Sa d-dati kong school... Kailangan ko k-kasing papirmahan to.**" Naiilang kong sagot.

"**Sasamahan kita.**" Prisinta ni Ci pero agad akong umiling.

"**Okay lang... Ako nalang. Sandali lang naman ako.**"

Hindi ko na hinintay ang mga sasabihin nila. Agad akong lumakad paalis. Nakita ko si Sir Alvin na nakikipag-usap sa organizer. Lumapit ako sa kanya at sandaling nagpaalam.

Dahil alam naman na nya yung tungkol dito kaya hinayaan na nya ko.

Lumabas ako sa lumang gate at nag-abang ng jeep. Malayo kasi sa mismong school ang lugar na to.

Hindi naman ako nabigo dahil may dumaan agad na jeep. Pagkasakay, tinignan ako ng ilang istudyante na naka-uniform ng Holy Saints.

Mukang naaalala pa rin nila ko.

Sa terminal ng tricycle huminto ang jeep. Sumakay ako at agad na sinabi ang lugar. Sa bawat ikot ng gulong nitong tricycle na to, kinakabahan ako.

Pakiramdam ko lumalapit ako sa kamatayan ko. O.A pakinggan pero yun talaga nararamdaman ko.

Paghinto ng tricycle sa tapat ng gate. Dé javu! Para nangyari na sakin ang mga to. Ang weird weird lang.

Lumapit ako sa gaurd house at sinabi ang pakay ko. Bago ang security gaurd nila kaya hindi ako kilala nito. Hindi ko alam kung maganda'ng balita para sakin yun.

Sinenyasan ako ng gaurd na tumuloy na. Oras na ng klase kaya walang istudyanteng pakalat-kalat. Pero hindi ako nakaligtas sa tagapag-linis.

"**Jay-jay?**" Pag-lilinaw nya habang pilit akong tinatanaw ng malabo nyang mata. "**...ikaw nga ba yan?**"

Hindi po! Hologram lang po!

Lumapit ako sa kanya at pilit ngumiti. Nahihiya ako sa kanya, sabihin nalang natin na isa ako sa nang-babastos sa kanya dati. Pero ni minsan hindi sya nagalit sakin.

"**K-kamusta po Manong?**"

"**Ikaw nga!**" Gulat nya'ng sabi at sinampay ang bimpong hawak sa balikat nya. Luminga-linga sya. "**...Bakit andito ka? Mag-aaral kana ba ulit dito?**"

"**H-hindi po... May papapirmahan lang po ako sa Guidance.**"

Ngumiti sya sakin, kapareho ng ngiti'ng binibigay nya sakin dati

kapag sinisigawan ko sya. "**Ang daming nangyari nung nawala ka.**"

Bahagya akong natawa. "**Nawala po kasi yung magulo.**"

Tumawa sya ng malakas. "**Lumabas kamo lahat ng magulo! Yun mga natatakot sayo dati, naghaharian na ngayon!**"

Napakamot ako sa batok. *Anak ng tokwa!* Expected ko pa naman na tumahimik na ang school dahil nawala ako. Pero mukang dumami pa.

"**...Oh sya sya... Ako'y babalik na sa trabaho. Mag-iingat ka! Natutuwa akong makita ka ulit.**"

Bago nya kuhanin ang walis ay hinawakan ko sya sa braso. Taka nya kong tinignan pero seryoso lang ako.

"**Manong... G-gusto ko po sana'ng... Mag-sorry sa lahat ng nagawa ko sa inyo dati.**" Sabi ko.

Ang bigat sa pakiramdam habang binibitawan ko ang mga salitang yun. Hindi dahil labag sa loob ko, kundi dahil kulang ang salitang '*Sorry*' para sa lahat ng ginawa ko sa kanya dati.

Ngumiti ulit sya. "**Ayos na Iha...**"

Yun lang ang sinagot nya pero nawala ng ganun-ganun lang ang bigat na nararamdaman ko. Para ako'ng nabunutan ng tinik.

Ngumiti ako bago sya bitawan. Ngiti na hindi pilit pero bukal sa puso.

Ang paghaharap namin ni Manong ang isa sa naging dahilan kung bakit lumakas ang loob kong maglakad at dumiretso sa Guidance.

Pero kung mamalasin ka nga naman. Tumunog ang bell ng school at naglabasan ang mga hinayupak na dati kong classmate at schoolmate.

Shutanginames!

Gulat. Taka. Inis. Yan ang isa sa mga reaksyon nila.

"*Is that Jay-jay?*"

"*Pre! Si Jay...*"

"*Gumanda yata!*"

"*Gago! Baka gulpihin ka nyan!*"

"*What the...*"

"*Bakit sya andito?*"

Sari-sari'ng usapan nila. Binilisan ko ang lakad papunta sa Guidance Office. Matatagpuan yun sa ikalawa sa pinaka-malaking building dito sa school na to.

Pero bago makarating doon. Dadaan pa sa harap ng cafeteria kung nasan ang kalahati ng populasyon ng school na to.

Kingina naman!

Sana pala nag-head set muna ko. Kainis! Marami na naman ako maririnig nito.

Habang naglalakad, marami akong nakikita'ng pamilyar na muka. Kundi naka-away, binully o kaya naman kaklase namin ni Cyrus.

Speaking of Cyrus, bumalik na daw sya sa school. Hindi ako sigurado kung kelan pero si Kuya Angelo ang nagsabi sakin. Kaya kinakabahan din ako dahil sa kanya.

"Look who's here!" Sigaw ng pamilyar na boses.

Tumigil ako sa paglalakad at bahagya sya'ng hinarap. Isa lang naman sya sa mga naka-away ko dito.

"...Ang kapal naman ng muka mong bumalik pa dito! Matapos ang ginawa mo kay Papa Cyrus!"

Tumaas ang isang kilay ko. *Papa Cyrus?* Anak ka ni Cyrus? Kelan pa? Islang kasi ang salita dahil narin siguro sa laki sa ibang bansa.

Tunog Papa na '*Ama*' ang lumalabas sa bibig nya at hindi yung Papa na malandi.

Ang totoo, nakalimutan ko na pangalan nya!

"...Nakakainis pa rin itsura mo! Alam mo yun?!"

Inis ko syang tinignan pero pilit kong hindi ipinahalata. Kagaya ng lagi kong sinasagot sa kanya kapag hinaharang nya ko.

"Eh anu naman sakin!"

Malakas na tawanan ang ginawa ng ibang istudyante. Hindi talaga nakakatawa yun pero feeling ko natawa sila dahil hangang ngayon, yun pa rin ang sinasagot ko sa kanya at hindi pa rin sya makabawi.

Tumuloy na ko sa paglalakad. Narating ko ang building ng Guidance Office. Nasa second floor yun, kaya naman binilisan ko ang paglalakad. Gusto ko na talaga'ng maka-alis sa lugar na to.

Pagdating sa tapat ng pinto ng office, nagdalawang isip pa ko kung kakatakot ba ko. Napahigpit ang hawak ko sa brown envelop na dala ko.

Kailangan Jay!

Sandaliang pirmahan lang naman yan. Tapos exit na! Agad-agad para wala ng gulo.

Kumatok ako sa pinto. Bumukas yun at Guidance Councelor ang bumungad sakin.

Miss you Ma'am! Hehehe

"Ms. Mariano? Right?" Tanung nya sakin.

"O-opo."

Pumalakpak naman ang puso ko. Naalala naman nya ko. Araw-araw kasi ako sa Guidance kaya talaga'ng hindi nya ko makakalimutan.

"May kailangan ka ba?"

"**Hmmm... Papapirmahan ko lang po sana.**" Sabi ko habang inaabot sa kanya yung brown envelop.

Bahagya syang tumawa na pinagtaka ko. May nakakatawa ba sa sinabi ko? Kinuha nya yung envelop at tinignan yun.

"**Ang galang mo naman ngayon... Dati kung sigawan mo ko parang magkasing-edad lang tayo.**" Sabi nya habang nakangiti ng nakaka-asar.

Ay pakshet!

Naalala din pala nya yun. Nakakahiya! Napakamot ako ng batok at nagpipilit ng ngiti pero nagmukang ngiwi.

Matapos basahin ang papel binalik nya yun sakin. "**Pag-usapan natin to. Pumasok ka muna sa office ko at hintayin mo ko. May kakausapin lang ako.**"

Ginawa ko ang sinabi nya. May dalawang kwarto ang Guidance Office. Isa para sa mismong opisina nya. Isa naman para sa counceling nya at ng magulang o ng mismong istudyante.

Walang pinagbago.

Napangiti ako ng dahil dun. Saulado ko na kasi ang bawat kanto ng Guidance Office namin. Pumasok ako sa mismong opisina ni Ma'am at agad na naglaho ang ngiti ko sa labi dahil sa tao'ng naabutan ko sa loob.

"**Anung...**" Bulong ko.

Nakatingin sya sakin. "**Nice to see you here.**" Unti-unti syang ngumiti. "**...Jay-jay.**"

"**C-cyrus.**"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Chapter 170

Cyrus Velasco

Jay-jay's POV

****Flashback...****

"**Meron kayong bagong classmate!**" Announce ni Ma'am.

Pakihanap ang paki ko!

Meron syang sinenyasan sa may pinto at pumasok ang isang lalaki. Matangkad sya at singkit ang mata. Dahil may itsura agad na nagtilian ang mga kaklase kong uhaw ata sa pagtingin ng gwapong lalaki.

"**Hello... I'm Cyrus Velasco. 16 years old. Nice to meet you all. I'm your new classmate.**" Sabi nya at ngumiti.

Tss. Malamang!

Bigla nalang nagtama ang tingin namin. Agad akong umiwas, wala akong interes sa kanya. Muka syang mayabang---man pala.

Meron sinabi si Ma'am na hindi ko na maintindihan. Nakakatamad makinig!

Bigla nalang nasigawan yung mga kaklase ko sa unahan. Mukang naghahanap na sya ng uupuan. Nagpangalumbaba ako at tumingin sa bintana.

Mas masarap pang pagmasdan ang alikabok na nakadikit sa salamin ng bintana. Mula sa gilid ng mata ko nakita ko yung mga kaklase ko na nakatingin sakin.

Problema ng mga to?

Inis kong tinignan ang mga luko. Dun ko lang napansin na lahat sila nakatingin sakin. Huminto ang mata ko sa lalaking nasa harapan ko

at nakangiti sakin.

"**Can i?**" Tanung nya habang nakaturo sa upuan sa tabi ko.

"**It's taken.**" Bored kong sagot.

"**Wala namang naka-upo dyan.**" Singit ng isang kaklase ko kaya tinignan ko sya ng masama.

"**Shut up!**" Sigaw ko sa kanya at nakakuha naman ako ng matalim na irap bilang sagot nya.

"**By who?**" Casual nyang tanung.

"**By my bag.**" Mabilis kong nilagay ang bag ko don. "**...See?**"

Tumawa sya ng malakas. Bigla nalang ako nairita sa tawa nya nayun. Ang dami-daming bakanteng upuan tapos dito sya uupo. Nang-aasar!

"**Wag kang tumawa! Seryoso ko... Nag-aaral sya oh!**" Sabay turo sa bag kong bahagya'ng nakabukas at nakadila ang mga basura.

Tumawa ulit sya dahilan para lalu akong mainis.

Gago ata!

Bigla nalang nya'ng kinuha ang bag ko at binalik yun sakin. Naupo sya sa bangkuan sa tabi ko at ngumiti na naman.

"**You're cute.**" Sabi nya.

"**Anak ng pvta!**" Inis na sabi ko.

"**Ms. Mariano!**" Sigaw sakin ni Ma'am.

Andyan pala sya?!

"**Po?**"

"**Sa Guidance Office, ngayon na!**"

Nagtawanan ang mga kaklase ko. Yari kayo sakin mamaya. Bwisit

naman kasi!

EndOfFlashback…

Kulang dalawang taon na ang nakakalipas simula nung pumasok sya sa room namin at nagpakilala.

Muka syang mabait at dahil may itsura, maraming humanga sa kanya. Pero balat kayo lang ang lahat ng yun.

Dahil baliw si Cyrus, puno ng kayabangan at uhaw sa kasikatan.

"**I knew you'll come back.**" Sabi nya at naglakad palapit sakin.

Napaatras ako. Hindi ko alam na dito pa talaga kami magkakaharap. Sandali kong tinignan ang pintuan. Balak ko sanang tumakbo palabas pero hindi ko na nagawa.

Mabilis na hinawakan ni Cyrus ang leeg ko. "**…wag ka munang umalis.**"

"**C-cy… Rus…**"

Nahihirapan akong huminga dahil sa higpit ng pagkakahawak nya. Unti-unti ring umaangat ang paa ko sa sahig. Agad kong hinawakan ang kamay nya para alisin sa leeg ko, pero kulang ang lakas ko.

"**Argh!**" Sigaw ko ng itulak nya ko pasandal sa pader.

"**Buti nalang bumalik ka dito… Kasi na-*miss* kitang talaga.**" Sabi nya ng may diin sa salitang '*miss*'.

Alam kong iba ang ibig sabihin nung sinabi nya. Yun nga lang nahihirapan akong alamin yun dahil sa sitwsyon ko.

"**B-biti… Wan… Mo… Ugh! Ko…**"

Lalu nyang hinihigpitan ang hawak sa leeg ko. Nag-uumpisa ng manlabo ang paningin ko.

"**Masakit diba?**" Mapang-asar nyang tanung. "**…Ganyan din naramdaman ko nun. Hayop ka!**"

"**C-cy…**" Wala ng boses na lumalabas sakin.

Tang'na!

Kahit kamay ko wala na ring lakas para itaas pa at ilaban sa kanya. Dito na yata ako mamatay.

Tulungan nyo po ako!

Bigla nalang tumawa si Cyrus at unti-unti ako binitawan. Kusa akong bumagsak sa sahig. Halos mailuwa ko ang lalamunan ko sa pag-ubo at paghahabol ng hangin.

"**Hindi ako tanga para patayin ka… Gusto ko lang ay mahirapan ka kagaya ko.**" Sabi nya at naglakad na paalis ng Guidance Office.

Bumagsak ang mga luha ko. Natatakot ako, kahit hindi naman dapat. Ang bilis ng tibok ng puso ko at parang gusto kong yakapin ang tuhod ko habang umiiyak ng malakas.

Pero hindi dapat!

Nanginginig ang katawan ko. Halos gumapang ako palapit sa isa sa mga silya. Kinuha ko yung cellphone ko sa bulsa.

Nanginginig din ang kamay ko. Gusto kong tawagan si Keifer o si Yuri. Pero….*para saan?*

Hindi ako bata para magsumbong. Nagkakagulo na sila dahil sakin, mas mabuti na rin siguro na wag ko ng ipaalam.

Pinilit kong maupo sa isa sa mga silya. Tumahan ako at inayos ang sarili ko. Nawala sa isip ko yung envelop, agad kong hinanap yun at nakita sa sahig.
Kinuha ko yun at nilagay sa table ni Ma'am.

Inayos ko yung buhok ko at tinakpan ang leeg ko. Kahit hindi ko nakikita alam kong mag-mamarka yun. Buti nalang at matagal bago bumalik ang Guidance Councilor.

"**Sorry kung matagal ako.**" Sabi nya at agad na naupo sa malaking

silya. "**...Nainip ka ba?**"

Umiling ako pero bigla nalang sya'ng tumitig sa sakin.

"**Okay ka lang ba?**" Tanung nya.

"**O-opo...**"

Nagkibit balikat sya. Kinuha nya yung brown envelop sa table nya. Sandali nyang binasa ang nakalagay sa papel.

"**Nagkita ba kayo ni Mr. Velasco dito?**" Tanung ni Ma'am habang hindi inaalis ang tingin sa mga papel.

Kung alam nyo lang.

"**Opo.**"

"**Ang batang yun, mula ng bumalik sa ospital puro sakit ng ulo ang dala. Pinalitan ka yata dito sa school.**" Pabiro nya'ng sabi.

Pero hindi ako natatawa.

"**...If you don't mind. Anu ba talagang nangyari sa inyo nun? Iba't ibang kwento na yung nakarating samin, kaya magulo.**"

Napaiwas ako ng tingin. Ang tagal na nun, bakit kailangan pang maki-tsismis?

"**A-anu... Kasi p-po...**"

*****Flashback...******

"**Ang kulit nito! Sasaktan ko na to Boss!**" Sigaw ng isa sa mga kaibigan ni Cyrus.

Tinignan ko kung anung ginagawa nila. Pinagt-tripan nila yung first year student. Maliit lang yun at maitim.

Nakaramdam ako ng inis. Pang-ilan na ba to sa pinagt-tripan nila? Hindi ba sila naaawa sa mga freshmen?

Lumapit ako sa kanila. "**Cy!**" Tawag ko.

Tumingin sakin si Cyrus at ngumiti. Hindi na ko natutuwa sa ngiti na binibigay nya. Hindi na rin ako natutuwa sa mga ginagawa nila.

"**Hi Babe!**"

Babe?

Nakita kong nagtawanan yung mga kaibigan ni Cyrus. Alam ko namang nang-aasar lang sila at yung salita'ng *Babe* na yun.

"**Ikaw!**" Tawag ko don sa freshman na pinagt-tripan nila.

"**P-po?**" Nanginginig na sagot nya habang nakaturo sa sarili.

Nag-nod naman ako agad. "**Bumalik ka na sa room nyo.**"

"**Teka lang! Hindi pa kami tapos sa kanya!**" Reklamo ng isa.

"**Jay naman!**"

Tuluyan ng nakaalis yung freshman kaya wala na silang nagawa. Tinignan ko sila ng masama. Hindi na ko ginagalang ng mga barkada ni Cyrus.

"**Ang K.J. ng girlfriend mo Cy!**" Inis na sabi ng isa sa kanila.

Naglakad si Cy palapit sakin. Hinawakan nya ko sa braso at bumulong. "**Let's talk.**"

Sumunod ako sa kanya. Alam ko na ang gagawin nya. Sasabihin na naman nya na ayaw nyang napapahiya sa harap ng mga kaibigan nya.

"**I hate what you did.**" Sabi nya at humarap sakin.

"**Bakit yung ginawa nyo? Sa tingin mo natuwa ako?**" Inis kong sagot at nag-cross arm.

"**Wala naman kaming ginagawa'ng masama. Pinagkakatuwaan lang namin sya.**" Dipensya nya.

Napataas ang isang kilay ko. Pang-ilan na to sa pinagkakatuwaan nila?

"**Tinatakot nyo yung bata! First year pa lang yun!**" Napabuntong hininga ako para pigilin ang galit ko. "**...Hindi na nakakatuwa yung mga ginagawa nyo. Yung mga barkada mo, wala ng respeto at pangalan ko ang nadadawit sa inyo.**"

Bahagya syang tumawa. "**Kami pa ngayon ang sumisira sa pangalan mo?!**" Sinuklay nya ang sariling buhok gamit ang kamay nya. "**...Ikaw ang sumisira ng pangalan namin!**"

Ako?! Wow ha!

"**Ako pa talaga?! Nakakahiya naman sa pinag-gagagawa nyo!**"

"**Oo! Kami ang nasasabit sa away na ginagawa mo sa labas ng school!**"

Tinignan ko sya ng diretso sa mata. "**Sorry ah? Hindi ako aware...**" Sarkastikong sagot ko. "**...hayaan mo para hindi ka madamay pa. Mag-break nalang tayo.**"

Agad na nagsalubong ang kilay nya. Ayaw daw madamay! Edi makipag-hiwalay. Tutal obvious naman na wala talaga kami'ng feelings sa isa't isa.

"**You can't break up with me!**" Inis nyang sabi.

Napalakas ang sabi nya kaya agad kaming nilapitan ng barkada nya. May iilan ding istudyante na pinapanood kami.

"**I can break up with you.**"

Lalakad na sana ako paalis pero bigla nya kong hinigit sa braso. Napa-aray nalang ako sa sakit. Tinignan ko sya ng masama na sinabayan naman nya.

"**Hindi pa tayo tapos mag-usap.**"

"**Cyrus! Ayoko na!**" Sigaw ko sa kanya.

Bigla nalang nya kong hinawakan sa panga. Nadiin yun kaya napapapikit nalang ako sa sakit.

Putik!

"**You can't dump me!**" Nilapit nya ang muka ko sa kanya. "**...Ako lang ang magsasabi kung tapos na tayo!**"

Agad akong tinabig ang kamay nya ng buong lakas. Bago pa sya magsalita sinundan ko na ng suntok. Bumagsak sya sa sahig at agad na nilapitan ng mga barkada nya.

Tinutulungan sana syang tumayo ng mga ito pero tinulak lang nya. Kita ko ang pagtulo ng dugo galing sa labi nya

Tsk! Napalakas ata.

Pinunasan nya yun at tinignan ang kamay na ginamit nya. Ngumiti sya pero halata'ng galit na.

Humakbang ako palayo pero huli na. Sinalubong ng muka ko ang palad nya dahilan para bumagsak ako sa lupa. Mas mabigat ang kamay nya sakin.

"**Pre!**" Sigaw ng isa sa barkada nya. "**...Anu kaba! Babae pa rin yan!**"

Namanhid ang muka ko sa ginawa nya. Tinignan ko sya ng masama at dahan-dahang tumayo.

Meron akong nalasahang iba sa bibig ko. Alam kong hindi laway yun. Nakaramdam din ako ng hapdi sa bandang labi. Hinawakan ko yun at kung mamalasin ka nga naman.

D-dugo!

Pvta! Pumutok ang labi ko sa lakas ng sampal nya! Hayop!

Ibabalik ko sana ang tingin ko sa kanya pero may mali. Ayaw ng umalis ng tingin ko sa kamay kong may dugo. Nanginginig din ang katawan ko.

Sa hindi ko maintindihan na dahilan, bumilis ng bumilis ang tibok ng puso ko.

"*Palamunin ka!*"

Ha?! S-saan galing yun?

Nakaramdam ako ng sobrang takot. Humihigpit din ang paghinga ko.

"*Dapat sayo mamatay na!*"

SAAN BA GALING YUN?! SINO YUN?!

"**What's wrong? Scared of blood?**" Nang-iinis na tanung ni Cyrus pero hindi ko sya pinansin.

Bakit ganun? Bakit ang ganda ng kulay ng dugo? Bakit parang.... *Naaakit ako.*

Huli ko na-realize na palapit na ang kamay ko sa bibig ko.

Y-yung lasa ng dugo...

EndOfFlashback...

"**Nag-away po kasi k-kami. Nagdilim po yung paningin ko.**" Sagot ko kay Ma'am.

Literal na nagdilim.

"**Tsk! Tsk! Kayo talaga'ng mga kabataan. Mapa-babae o lalaki, wagas makipag-away.**" Sagot nya sakin habang umiiling.

Binaba nya yung papel at akmang pipirmahan yun ng bigla syang huminto at tignan ako.

"**Asan nga pala si Mr. Fernandez?**"

Si Kuya?

"**N-nasa trabaho po. Bakit?**"

Huminga sya ng malalim. "**Nakakahiya mang sabihin, pero... Isa kasi sya sa major sponsor ng school na to. Nung umalis ka dito, tumigil na rin sya sa pagbibigay samin.**" Sumandal sya sa

pagkaka-upo. "**...baka pwedeng kausapin mo sya.**"

T-teka nga... Anu bang...

"**...meron kasi kaming bagong building na ipapatayo.**" Dagdag pa nya.

Anu bang gusto nilang sabihin? Bakit ba hindi nalang nila ko diretsuhin?

"**G-gusto nyo pong kausapin ko si Kuya para magbigay sa inyo?**" Alanganin kong tanong.

"**Parang ganun na nga.**"

Anak ng fishball!

Sinasabi ko na nga ba! Mali'ng mali talagang nagpunta pa ko dito!

Minsan ko ng narinig na nag-uusap si Ma'am at si Kuya. Dahil wala naman akong paki-alam, hinayaan ko lang sila.

Pero malinaw sakin, sinusuhulan ni Kuya ang school na to!

"**Bakit ko naman po gagawin yun?**" May halong inis na sabi ko.

"**Kasi Ms. Mariano... Ang pangit naman yata kung ilalagay ko sa records mo na meron kang multiple suspension and expaltion.**" Sabi nya at ngumiti.

Huh?! Pero wala naman----

"**...Si Mr. Fernandez ang dahilan kung bakit ni-minsan hindi ka na-suspende kahit ang dami mong kalokohan.**" Bahagya syang lumapit sakin. "**...Sya din ang dahilan kaya tranferee purposes ang reason na nilagay namin sa school records mo sa halip na expaltion.**"

Tinignan ko yung papel na dala ko. Nakababa yun sa lamesa. *Bwisit!*

Kaya pala ang ganda ang gulo ng records ko. Kasi pala, iba-iba ang nilagay nila. Ayos din tong school na to!

Pero akong pagpipilian! Gusto ko ng umalis dito. Kaya kahit labag sa loob ko...

"**S-sige po... Kaka-usapin ko po si Kuya.**"

Ngumiti ng malawak si Ma'am. Mabilis nyang pinirmahan ang mga papel at binalik yun sa envelop bago iabot sakin.

"**Mag-hihintay kami.**" Nakangiti nyang sabi sakin.

"**Sige po. Thank you po.**" Sagot ko sa kanya at mabilis na lumabas ng office nya.

Tang'na!

Nasa hagdan na ko ng huminto ako. Huminga muna ko ng malalim para pagaanin ang loob ko. Sobra yung inis ko.

Hindi naman kaya nakakahiya sa kanila? Kung may 100x akong pinapatawag ng Guidance Office, 100x din silang sinuhulan ni Kuya.

Very Nice!

Ang lakas maka-badtrip ng school na to. Kung hindi-----*shit!*

Napatigil ako dahil sa nakita ko. Inaabangan ako ni Cyrus sa baba ng hagdan. Nakangiti sya sakin at sa itsura pa lang nya, mukang may hindi na gagawin na maganda.

Sinubukan kong umakyat ulit sa taas pero andun na yung barkada nya.

"**Pwede ba tayong magkwentuhan sandali?**"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ + +

Chapter 171

Author's Note: Sa mga hnd po nkakapansin. Mas mahba na po ang isang chapter kesa sa mga nauna. Kaya kaunti lng na-update ko. *Sorrey!*

Nice meeting you

Jay-jay's POV

"**Shit!**" Sigaw ng isa sa kanila matapos ko syang suntukin.

Pinilit kong lumaban----mali! Pinipilit kong lumaban kahit sa totoo lang wala sa kundisyon ang katawan ko.

Lima lang sila kung tutuusin pero kanina pa ko nahihirapan na kalabanin sila. Hindi ko alam kung bakit pero parang hindi na ako yung Jay-jay na kayang lumaban kahit anung oras.

Nakakapang-lambot humarap kay Cyrus ngayon. Nakatingin lang sya sakin pero pakiramdam ko hinihigop ng bawat tingin nya ang lakas ko.

Anu bang gusto nila?

"**Walang pinagbago... Malakas pa rin sumuntok.**" Sabi nung isa habang pinupunasan ang labi nya'ng may dugo.

Pinagtitinginan na kami ng mga istudyante. Ang masama pa nito, nakikinuod lang din ang mga teacher sa kanila.

Sa field pa talaga nila ko dinala. Para anu? Gusto ba nila kong mapahiya? Anu bang gusto nila?

Pakshet naman!

"**Cyrus... Please... Ayoko ng gulo.**" Paki-usap ko pero nakatitig pa rin sya sakin. "**...anu bang gusto mo?**"

Nag-cross arm sya at bahagyang tumawa. "**Simple lang ang gusto ko Jay. Iparanas sayo yung paghihirap na naranasan ko.**"

Bubuka pa lang sana ang bibig ko para magsalita pero may bigla nalang humampas ng kung anu sa hita ko mula sa likod ko.

"**Ugh!**" Sigaw ko at kusa nalang akong bumagsak sa lupa.

Mangiyak-ngiyak akong napahawak sa hita ko. Nakita ko yung isa sa barkada ni Cyrus na may hawak na malapad na kahoy.

Shit! Daig ko pa nag-hazing nito!

"**Masakit?**" Tanung ni Cy at ngumiti. "**...kulang pa yan.**"

May panibagong bagay na humampas sa braso ko. Napasinghap ako sa sakit. Hindi ko na napigilan ang luha kong bumagsak.

"*Nakaka-awa naman si Jay!*"

"*Tama lang sa kanya!*"

"*Gago talaga tong Cyrus na to!*"

"*Tulungan nyo kaya si Jay!*"

Sari-sari'ng reaksyon nila. Pero walang tutulong sakin. Alam ko yun! Sinong gustong tumulong sa kagaya ko.

Ngayon ako nagsisisi na hindi ko tinext o tinawagan sila Keifer. Pero kahit naman gawin ko yun, hindi rin naman nila alam ang papunta dito.

Ayoko na ding dagdagan ang problema sa Section namin.

Bahala na si Batman.

Pinilit kong tumayo. Hawak ko yung bahagi ng braso ko na hinampas nila. Ramdam ko yung panginginig ng laman ko.

"**Pre! Nakakatayo pa!**" Sabi nung isa habang nakatawa.

"**Tigilan nyo na si Jay-jay.**" Sigaw ni Manong sa hindi kalayuan.

Shit! Manong wag na kayo makialam!

"**Kung sa inyo kaya namin ihampas to!**" Banta nila.

Hindi nakatinag si Manong. Tinignan nya ko na puno ng awa. Umiling ako sa kanya para sabihin na wag na sya makialam.

Humarap ako kay Cyrus at nakangiti sya sakin. Panibagong hampas na naman ang nakuha ko sa kabilang hita. Napaluhod na ko sa sakit.

Nagsisisigawan na din ang mga istudyante.

Tang'na!

Bakit ba hindi ako makalaban? Bakit ba parang naduduwag ako? Ngayon pa talaga!

Sinusubukan kong tumayo ng may makita akong palapit sakin. Huminto sya sa harap ko habang nakayuko ako. Bigla nalang nyang tinapakan ang kamay kong nakalapat sa damuhan.

Pinipigilan kong sumigaw sa sakit. Ayokong ibigay sa kanya yung gusto nya. Ang makitang nahihirapan ako. Kapag ginawa ko yun, parang sinabi ko na rin na talo ako o sumusuko na ko.

Hindi ko gagawin yun!

"**Ang tibay! Ayaw talaga sumuko!**" Sabi ni Cyrus at nagtawanan sila.

Bigla nalang may sumipa sa sikmura ko dahilan para mapahiga ako at mamalipit sa sakit.

"**C-cy…**" Bulong ko habang nakatingin sa kanya at sa mga barkada nyang nagtatawanan.

Sobrang sama ba ng ginawa ko sa kanya para saktan nya ko ng ganito?

Na-ospital po kaya sya!

Wrong question! Mas tamang sabihin na, wala na bang kapatawaran yung ginawa ko sa kanya?

Pero hindi rin naman marunong magpatawad si Cyrus. Kaya kahit ilang beses akong mag-sorry sa kanya. Wala din saysay yun.

"**Argh!**" Sigaw ko matapos makatanggap ng dalawang panibagong sipa sa sikmura.

Hindi ko na yata kakayanin. Nanginginig yung laman ko sa sakit. Hindi na ko makagalaw.

Please...Tulungan nyo ko.

"**Cry as long as you want. No one will help you.**" Nakatawang sabi nya sakin.

Please...

"**Tuluyan na natin to?**" Tanung nung isa sa kanila.

"**Wag muna... Nag-eenjoy pa ko.**" Sagot ni Cy at bigla nalang akong sinipa sa binti.

Hindi ganun kalakas pero napasinghap pa rin ako sa sakit.

Keifer!

"**Itayo nyo.**" Utos nya sa mga kasama.

Hinawakan nila ko sa braso at pilit tinayo. Ayaw na makisama ng katawan ko kaya napilitan silang tiisin ang bigat ko. Tuloy-tuloy ang pagbagsak ng luha ko dahil sa sakit na nararamdaman ko.

Malakas na sampal ang binigay nya sakin. Sa sobrang sakit ng katawan ko hindi ko na nagawang indahin ang sampal nya.

"**Matibay talaga!**" Sabi ng isang may hawak sakin.

Anu bang definition nyo ng matibay?

Lambot na lambot na ko at parang lantang gulay. Yun ba ang matibay?

Nakita ko ang pagkuyom ng kamao ni Cyrus at inihanda nya yun para suntukin ako. Naipikit ko nalang ang mata ko at hinintay ang pagtama nun sakin.

Pero lumipas ang segundo at wala akong naramdaman na suntok. Baka namanhid na ang katawan ko sa mga bugbog nila.

Dinilat ko ang mata ko at nakita ko ang tunay na dahilan kung bakit hindi ko naramdaman ang suntok nya. Dahil hindi naman yun tumama sakin.

May pumigil sa kanya! Tinignan kong mabuti kung namamalik-mata lang ba ko.

Panung...

May naka-hawak sa kamao ni Cy at yun ay ang kamay ni... *Keifer?* Meron ding isang kamay na nakahawak sa kwelyo nya at yun naman ay kay... *Yuri?*

Ilang beses akong pumikit at dumilat. Silang dalawa talaga! At mukang hindi lang sila ang nandito. Nakita kong pumapaligid ang mga Ulupong samin.

Bigla nalang akong binitawan ng may hawak sakin. Dahil nanlalambot pa ang tuhod ko at hindi makatayo ng maayos, babagsak ako. Pero bago mang-yari yun sinalo agad ako ni David at inalalayan.

"**Are you okay?**" Tanung nya sakin.

Tipid na tango lang ang sinagot ko sa kanya. Binalik ko ang tingin kila Cyrus.

"**Let me go!**" Sigaw ni Cyrus pero walang gumagalaw kila Yuri at Keifer.

"**Cyrus Velasco?**" Tanung ni Yuri.

"**What do you want?!**" Inis na sagot nya.

Ngumiti si Yuri. *Ngumiti sya?* Pero bakit? Walang kakaiba sa ngiti

nya. Natural lang na ngiti yun na lagi nyang binibigay sa iba at sakin.

"**We've finally met.**" Sabi ni Yuri.

Hinarap ko si David dahil sobrang naguguluhan ako.

"**A-anu bang nangyayari? Panu k-kayo nakarating dito?**" Tanung ko sa kanya.

Ngumiti sakin si David. "**Ask your little friend here.**" Sagot nya at awtomatikong lumitaw si Ci-N mula sa likod nya.

"**Hi Jay! Sorry natagalan kami!**" Sabi nya habang nakangiti.

Ewan ko, pero parang ang hyper nya ngayon. Ngiti'ng ngiti kasi sya at panay ang likot sa kinatatayuan. Samantalang ginagawa lang nya yun kapag may nakaka-excite na bagay syang gagawin.

"**Ci... P-panu nyo k-ko----panu kayo nakarating dito?**"

"**Edi nagtanung kay Sir. Tapos nagtanung kami sa mga staff nung Camp is Rock kung panu makarating dito.**"

Nag-nod naman ako bilang paglilinaw na naintindihan ko ang mga sinabi nya.

"**Bitiwan nyo ko! What the fvck do you want from me?! And who the fvcking hell are you?!**" Galit na sabi ni Cyrus habang pilit nagpupumiglas kila Keifer at Yuri.

"**I'm Yuri Hanamitchi!**" Nakangiting sagot ni Yuri.

"**Mark Keifer Watson.**" Seryosong sagot ni Keifer. "**...At kami lang naman ang maniningil sa ginawa mo kay Jay-jay!**"

Bigla nalang nya'ng sinikmuraan si Cyrus. Sa lakas ng pagkakasuntok nya, halos lumuwa ang mata ni Cy. Bago pa sya bumagsak sa damuhan, hinawakan na sya ni Yuri at pilit itinayo.

"**Nice to fvcking meet you.**" Dagdag nya at sinikmuraan din si Cyrus.

Sa pagkakataon na to hinayaan na nila syang bumagsak at mamalipit sa sakit.

"*Sino ba ang mga yan?!*"

"*Shit! Ang ga-gwapo!*"

"*Kakilala yata ni Jay!*"

"*Ang gwapo nila!*"

"*Ang gwapo nung pula ang buhok!*"

"*Ang cute nung maliit!*"

"*Sino kaya yung may hawak kay Jay?*"

"*Aaaayyy... Sana ako nalang si Jay!*"

"*Gusto mo ding mabanatan ni Cyrus?*"

"*Gaga! Gusto ding mapaligiran ng gwapo!*"

Nun ko lang naalala na marami nga pa lang nanunuod samin. Hinanap ko din agad yung apat na kasama ni Cyrus kanina.

Hawak na sila nila Felix, Kit, Edrix at Denzel. Kompleto pala silang lahat.

Teka lang!

Kung andito silang lahat, sinong tao sa camping site namin? Ay naku naman! Panu kung hanapin kami ng organizer? Hanep yan!

"K-kailangan na nating b-bumalik." Sabi ko kay David.

Tinignan ko yung damuhan. Wala yung gamit ko. Mukang naiwan ko yun sa kung saan.

"...Yung g-gamit ko!"

Tumingin sila Ci-N at David sa paligid. Hindi nila makikita yun, dahil tanda ko pagdating sa field wala na kong hawak na gamit.

"**Ipapahanap natin.**" Sabi ni David.

Nakita namin si Calix at Eren na parang artista sa pag-kaway sa mga babae.

Sumbong ko kaya kay Mica to?

"**Ci-N! Do me a favor. Pakibatukan yung dalawang yun.**" Utos ni David.

Agad na lumapit si Ci-N dun sa dalawa at ginawa ang utos ni David. Malakas na batok ang binigay nya sa dalawa.

Sabay pa silang tumingin ng masama kay Ci pero agad naman nyang tinuro si David. At ang David bigla nalang tumaas ang hintuturo at huminto sa tapat ko ang daliri nya.

Nice... Pasahan ng sisi.

"**Para saan yun?!**" Inis na tanung ni Eren sakin.

No time to explain. Bahala na kung magalit sila sakin. Kahit hindi naman talaga ako nag-pagawa nun kay Ci.

"**Y-yung gamit ko... Paki h-hanap.**" Utos ko.

"**Yun lang pala...**" Sagot ni Calix. "**...Tara!**"

Agad na umalis yung dalawa. Panu nila hahanapin yun, hindi man lang nagtanung sakin. Bahala na nga sila.

"**FVCKING ASSHOLE!**" Sigaw ni Keifer.

Lahat kami napatingin sa kanya. Hawak nya si Cyrus sa kwelyo. Nakita ko si Yuri na naka-upo sa damuhan habang pinupunasan ang labi.

"**A-anung nangyari?**" Nag-aalala kong tanung.

"**Bumawi ng suntok ang Gago! Si Yuri yung pinakamalapit sa kanya, kaya sya yung sumalo nung suntok!**" Paliwanag ni Drew.

"**Banatan na yan!**" Sigaw ni Ci-N na parang tuwa'ng tuwa.

"**Ci-N!**" Sita ko sa kanya.

"**Anu nyo ba si Jay-jay?! Anu bang pakialam nyo sa gawin ko sa kanya?!**" Inis na tanung Cyrus habang pilit inaalis ang kamay ni Keifer.

"**She's our classmate.**" Mabilis na sagot ni Mayo.

"**She's our friend.**" Dugtong ni Kit.

"**She is part of our family.**" Sabi ni Ci-N at ngumiti sakin.

Kusa nalang din ako'ng napangiti dahil sa mga sinabi nila. Ang sarap kasing pakinggan. Akala ko nung una ako lang ang nag-iisip ng ganun. Sila din pala.

"**She belong to Section E.**" Sabi ni Yuri habang tumatayo.

"**And she is mine.**" Pahabol ni Keifer.

Nasampal ko nalang ang sarili kong noo. Bakit kailangan nya pang idagdag yun? Baliw talaga! *Kainis!*

"*Boyfriend daw ni Jay!*"

Sabi ng isa sa mga nanunuod. Hindi ko sya boyfriend! Anu ba?!

"**Ikaw ang pinalit sakin ni Jay-jay?!**" Natatawang tanung ni Cyrus kay Keifer.

Halata'ng nainsulto yung Hari sa tinanung nya. Gusto kong sabihan kay Cyrus na wag na magsalita. Baka mapikon tong isa, masama pa naman sya magalit.

"**...Nagpa-uto ka rin sa babae na yan?!**" Dagdag pa nya dahilan para lalung magsalubong ang kilay ng Hari.

Sandali akong kumarap at laking gulat ko ng suntukin ni Keifer si Cyrus na agad na tumilapon sa medyo malayo. Sa lakas ng suntok nya agad na dumugo ang ilong at bibig ni Cy.

Akala ko yun na yon pero agad na lumapit si Keifer sa kanya at

pinagsusuntok sya.

Shit! Kalalabas lang ng ospital nyan!

"**Yuri!**" Sigaw ko at tumingin naman sya sakin. "**...A-awatin mo si Keifer! Baka k-kung anu mangyari kay Cyrus!**"

"**Sorry Jay! Pero hindi ko na maaawat si Keifer!**" Sagot nya sakin.

"**Nasagad na si Keifer.**" Sabi ni David.

"**Ginalit nya. Wala na. Hindi na mapipigilan yan.**" Sabi ni Ci-N na parang nadismaya pa.

Mukang mga wala talaga silang balak na pigilan sya. Natatakot na rin yung mga nanunuod at nagsisilayo na.

"**Keifer!**" Tawag ko sa kanya. "**...Keifer! Please! Tama na!**"

Kahit halata'ng labag sa loob, huminto si Keifer at humarap sakin. Naghahabol sya ng hangin at dahang dahang lumapit sakin.

"**Why?**"

"**Kalalabas lang nya ng ospital. Baka kung anung mangyari sa kanya.**" Sagot ko.

"**Edi ibalik natin sa ospital na pinanggalingan nya. Sabihin natin hindi maganda gamutan nila.**" Sabi ni Ci-N at bahagya'ng nagtawanan ang iba.

Pero hindi ako natutuwa. Nagpapasalamat ako at dumating sila para tulungan ako pero sa itsura ni Cyrus ngayon, hindi ko alam kung dapat ba talaga kong magpasalamat.

"**Ano gagawin namin dito sa mga to?**" Tanung ni Felix habang mahigpit ang hawak sa mga barkada ni Cyrus.

"**Bahala na kayo.**" Bored na sagot ni Keifer.

Bigla nalang pumalakpak si Ci-N at tuwang tuwa. "**Ako unang**

sasapak sa kanila!" Sabi nya.

Ngayon alam ko na. Kaya pala parang hyper na hyper sya. Kasi makiki-cooperate sya sa away.

Tsk! Kulit talaga!

Bigla nalang akong binuhat ni Keifer, bridal style. Medyo nabigla ako, nawala sa isip ko na marami kaming kasama at marami ding nanunuod samin.

Nawala din sa isip ko si Yuri. Tumingin ako sa kanya sandali pero nakikigulo na sya kila Ci-N.

"**Jay...**" Tawag ni Keifer sakin. "**...i forgot something.**" Sabi nya at bigla nalang akong hinalikan sa labi.

Nakarinig pa ko ng mga nagsigawan sa kilig. Taka kong tinignan ang kumag.

"**P-para saan yon?**"

"**You owe me a kiss. Nagmura ka nung nakaraan habang kumakain ng chocolate.**" Sagot ny at ngumiti.

Naalala nya pa yun? Grabe naman! Wala akong ligtas sa taong to. Nakita ko sila Calix at Eren na naglalakad hawak ang mga gamit ko.

"**Keifer... Umalis na tayo dito.**" Bulong ko sa kanya.

Nag-nod naman sya. "**Lets go!**"

Parang nabitin pa si Ci sa ginawa nila. Nakanguso pa syang naglalakad. Aalis na kami sa school na to.

Hanggat maari ayoko ng bumalik dito. Ayoko ng balikan yung mga nangyari. Nakatingin ako kay Cyrus na pinagkakaguluhan na ngayon ng mga kaklase nya.

Sana... Ito na ang huli.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Chapter 172

Admit

Jay-jay's POV

Hindi ako kumikibo. Ramdam naman ni Keifer at ng iba pa na ayoko munang makipag-usap.

Sinubukan nila kong dalin sa ospital pero hindi ako pumayag. Makakarating sa organizer yung ginawa nila. Ayokong magkagulo.

Hindi ko nga sure kung anung gagawin ng school sa nangyari. Nag-aalala din ako na baka bigla akong sugurin ng pamilya ni Cyrus.

Wag naman sana!

Pagdating sa Camp *keneme*----nakakayamot kasi yung pangalan. Dumiretso kami sa hall. Lagpas lunch na kasi, pare-pareho pa kaming hindi kumakain.

Kami nalang ang tao don dahil bumalik na sa camping site nila yung iba.

"**Wala ng ulam?**" Tanung ni Felix habang sinisilip ang bawat kasirola.

May nakahanda na kasing pagkain para sa lahat. Nakahilera yun sa mahabang lamesa. Pipila nalang ang istudyante at kakain na.

Kayalang mukang naubos na.

"**Yung iba sabaw nalang po. Pero meron pa po nito.**" Sabi nung staff habang nakaturo sa iba pang kasirola.

Nakaupo lang ako at pinag-mamasdan silang nagkakagulo. Katabi ko si David na kumakain.

"**Ayaw mo talagang magpadala sa ospital?**" Tanung nya sakin.

Umiling ako. "**Makakarating kasi sa organizer yun tapos magkakagulo. Lalala lang ang sitwasyon. Wag nalang.**"

Nag-nod naman sya bilang pagtanggap sa sagot ko. May nagbaba ng tray na may pagkain sa harap ko. Si Keifer yun at seryoso ang itsura nya.

"**Eat.**" Utos nya.

Tinignan ko yung dala nya. Sabaw at kaunting kanin. Meron ding ilang pirasong tinapay at saging. Daig ko pa pasyente sa ospital dahil dito.

"**W-wala akong gana.**"

"**Kung hindi ka kakakain, dadalin kita sa ospital.**"

Pero wala nga akong gana. Idagdag pang masama ang pakiramdam ko dahil sa mga bugbog na nakuha ko.

Napabuntong hininga nalang ako at nilapit sakin yun tray. Pinilit kong kumain kahit pakiramdam ko sa bawat lunok ko may sumasaksak sa kalamnan ko.

Aray!

Habang kumakain, hindi ko maiwasan na hindi mailang. Ayaw kasing alisin ng Kumag na Hari ang tingin nya sakin.

Problema nito?!

Dumating si Yuri at naupo sa katapat kong bangko. May dala din syang tray na padabog nyang binaba.

Napatingin ako kay David. Taka din syang nakatingin sa dalawa. Tinignan nya ko sandali at nagpilit ng ngiti tapos bigla nalang syang tumayo dala ang tray nya.

Hala! Wag mo ko iwan dito!

Pagka-alis ni David, sya namang upo ng Hari sa tabi ko. Cross arm pa sya bago sumandal.

"**B-bakit?**" Tanung ko.

Bumuntong hininga muna sya bago magsalita. "**You're no longer allowed to go out without someone by your side. Kailangan may sasama na sayo sa bawat lakad mo.**"

Ha?!

"**Bakit? Para saan?**" May halong inis sa boses ko.

Hindi ko mapigilan. Ang lakas kasi ng tama ng kumag na to. Idagdag pa yung titig ni Yuri na parang sang-ayon na sang-ayon sa sinasabi nitong isa.

"**Look what happened to you! What if we didn't came?! Baka pinag-pipiyestahan kana sa ospital.**" Inis na sabi nya.

"**Hindi ko naman alam na mangyayari yun. Wala naman kasing may kayang manakit sakin sa Holy Shi---Saints.**" Paliwanag ko na mukang hindi rin nya tinatanggap.

"**Wala?! And what do you call that Cyrus guy did to you?! Hindi ba BINUGBOG ka nya?! SINAKTAN?!**"

"**Hindi ko naman alam na ganun yung gagawin nya sakin!**"

Pakshit!

Hindi ko maintindihan kung bakit parang naiiyak na ko sa pagpapaliwanag lang sa kanila. Manang-mana talaga sila kay Kuya Angelo, ang hirap paliwanagan.

"**Akala ko ba nasa ospital yung Cyrus na yon?**" Tanung ni Yuri kaya lumipat ang atensyon namin sa kanya.

"**May ilang linggo na syang nakalabas at pinabalik na sa school.**" Sagot ko.

"**So you knew?!**" Galit na tanong ni Keifer habang salubong ang kilay na nakatingin sakin.

Hala!

Napalunok ako ng di-oras. Bakit ba galit na galit to? Inaano ko ba sya?

"O-oo... Sinabi sakin----"

"And yet hindi mo man lang kami hinayaan na samahan ka!" Putol nya sa sasabihin ko.

"Kasi nga hindi ko naman---"

"Baka naman may balak talaga kayong magkita?" Singit ni Yuri.

Napahawak na sa sintido si Keifer habang nakapikit. Alam kong nagpipigil sya ng galit.

"A-ano? Pano mangyayari yon? Hindi nga kami magkasundo! At wala din kaming komunikasyon!" Inis na sagot ko kay Yuri.

"Bakit tumuloy ka pa rin? Baka naman gusto mo talagang magkita kayo ng Cyrus na yan?!" Galit na sabi ni Keifer.

Hanu daw?!

Sumasakit yata ang ulo ko sa dalawa na to. Hindi ko kinaya!

"Bakit ko naman gugustuhin na makita----Teka nga!" Naningkit ang mata ko habang pabalik-balik ng tingin sa kanila.
"...Nagseselos ba kayo?"

Umiwas ng tingin si Yuri. Tinignan naman ako ng masama ng Hari.

"Yes!"

"No!"

Sabay nilang sagot. Medyo naguluhan pa ko kung sinong nagsabi ng '*No*' at ng '*Yes*'.

"Ang gulo nyong dalawa! Ano ba talagang kinagagalit nyo?!" Inis na tanung ko.

"Hindi pa ba obvious? Nagagalit kami dahil nasaktan ka at wala man lang kami don para ipagtanggol ka." Mahinahon na

paliwanag ni Yuri.

Naiintindihan ko yung part na yon. May mali din kasi ako. Kung sana lang talaga nagtext ako sa kanila ng mas maaga.

Tinignan ko si Keifer para hintayin ang pagsagot nya. Salubong ang kilay nya habang nakatingin sakin.

"**Tss.**" Sabi nya.

Salamat sa malinaw na sagot.

Lalu pang sumingkit ang mata ko. Muka na kong Chinese sa ginagawa ko sa kanya. *Daomingzu! Sanchai!*----ay! Taiwanese pala yon.

Matagal-tagal din ang titigan naming dalawa. Ang masama pa nito, nakikipag-matigasan talaga sya. Matagal-tagal din akong magiging Chinese.

Nihaoma!

"**Fine!**" Inis na sabi nya. "**...I'm fvcking mad because of jealousy! Sinong lalaki ang matutuwa kapag nalaman nyang magkikita ang babaeng gusto nya at ang Ex!**"

May narinig akong bahagyang nagtawanan. Napatingin ako sa kabilang table na medyo malapit samin. Andoon ang mga Ulupong at mukang pinapanood nila kami.

Ang galing nyo dyan!

Tinignan ni Keifer ng masama ang mga luko. "**Tell me! Ganun din ang mararamdaman nyo, diba?!**"

Kamot batok yung iba habang umiiwas ng tingin.

"**I will feel the same. Sang-ayon ako kay Keifer.**" Sabi ni David.

"**Baka patayin ko na yung Ex ni Grace.**" Sabi ni Denzel.

"**Buti nalang walang Ex si Mica.**" Sabi ni Calix.

"Tama si Keifer!" Gatong ni Rory.

"Babalatan ko ng buhay yung Ex tapos papaliguan ng sibuyas at bawang." Sabi ni Ci-N.

Nasampal ko nalang ang sarili kong noo. Lalu lang nilang ginagatungan ang Kumag na to. Bwisit!

"Then you'll ask if i feel jealous?! Aba Jay! Makaramdam ka naman!" Sabi ni Keifer sakin.

Napangiwi ako sa mga sinasabi nya. Ang lakas kasi ng tama nya sa utak. Wala naman sa lugar yung pagseselos nya.

"Baliw! May kaselos-selos ba kay Cyrus?!" Inis na sabi ko sa kanya.

"Tss."

"Para kayong aning!" Sigaw ko sa kanila ni Yuri.

"Bakit pati ako?" Tanong ni Yuri sakin.

"Stop acting that you don't feel jealous!" Sigaw ni Keifer sa kanya. **"...kuwari ka pa! Ikaw nga nagsabi sakin na lumpuhin na natin yung Cyrus para hindi na makalapit kay Jay-jay!"**

Kamot batok na ngumiti sakin si Yuri pero nagmukang ngiwi. Sinasabi ko na nga ba! Tong dalawa na to.

Naku! Naku! Naku!

"Wala namang dapat pagselosan. Kaya tumigil na kayong dalawa!"

"Tss... Sana pala tinuluyan ko na yung Cyrus na yon." Bulong ng Hari pero obvious na parinig.

"Tsk! Tumigil ka sinabi!"

"Kapag nalaman kong nagkita pa kayo ng lalaki na yan! I will lock you down in my house and burry that Cyrus alive!" Banta

nya sakin at bigla nalang nagtawanan ang mga luko na nasa kabilang table.

"**It's better if we burn him alive.**" Suggestion ni Yuri.

Nagustuhan naman ni Keifer yun at parang nagkasundo sila ulit. Muntik na kong mapangiti dahil dun. Kahit papano andoon pa rin kasi yung pagkakaibigan nila.

Pero kinakain ako ng konsensya ko. Kasalanan ko kasi kung bakit sila nahahati ngayon. Iniisip ko kung hindi siguro ako napunta ng Section E, hindi sila magkakaganito ulit.

"**Keifer! Keifer!**" Sigaw ng kung sino.

Lahat kami ay natigilan at napatingin don sa sumisigaw. *Si Edrix!*

"**What?!**" Inis na tanung ng Hari.

"**Y-yung mga g-gamit natin...**" Huminga sya ng malalim.
"**...kulang kulang na!**"

"**Ano?!**" Halos sabay-sabay naming tanung at sigaw.

"**Wala yung cooler, box ng canned goods pati yung bigas wala din.**" Paliwanag pa ni Edrix.

Pano yun? Nanakawan ba kami? Pakshit lang! Anong kakainin namin nito?! Agahan at tanghalian lang ang sagot ng school. Pero para saming Section E, lunch lang ang sagot nila---tapos tira-tira pa.

Kaya nga nagbigayan na kami nung nakaraan para may pambili na kami ng kakainin tapos ngayon, nawawala. Hanep naman!

Agad na nagtuyuan yung iba at mabilis na naglakad paalis. Pinilit kong makatayo. Buti nalang at agad na lumapit sakin si Ci-N para alalayan ako sa paglalakad.

Mabilis na nakarating yung iba sa camp site namin. Kami naman ang huli dahil na rin sa bagal kong maglakad.

Magulo ang mga gamit namin. Sira yung ibang tent at bukas naman

yung iba. Wala nga yung ibang gamit namin, yung cooler na pinaglalagyan ng pagkain at inumin, yung box na puno ng mga de-lata at yung malaking timba na puno ng isang kabang bigas.

"**Yung tent ko!**" Sigaw ni Ci at agad na tumakbo palapit sa tent nyang sira. "**...Asar naman!**"

Tinanaw ko yung sakin at kita kong nakabukas yun. Dahan-dahan akong naglakad palapit dun para tignan. Muntik pa kong matumba sa pagsilip lang nun sa loob.

Mukang wala namang gumalaw sa bag ko pero may nawawala.

"**Yung Snorlax ko!**" Sigaw ko.

"**Fvcking shit! Ninakawan talaga tayo! Worsted... Sinira pa nila yung ibang tent!**" Galit na sabi ni Keifer.

"**Pero sinong gagawa nito?!**" Nag-aalalang tanung ni Kit.

"**Sabihin na natin sa organizer!**" Suggestion ni David.

"**Mabuti pa nga.**" Pag-sang-ayon ni Yuri.

Lalakad na sana yung iba para puntahan yung organizer pero napatigil sila ng itaas ni Josh ang kamay nya hawak ang isang bulaklaking panyo.

"**Sa inyo ba to?**" Tanung nya.

Pare-pareho silang tumingin sakin. Ako nga lang pala ang babae dito at pwedeng gumamit ng bulaklakin.

Pero hindi ako mahilig sa bulaklakin.

"**Hindi...**" Sagot ko.

Tinignan pang mabuti ni Josh yung panyo at tinanggal din sa pagkakatupi ang ilang bahagi.

"**John... Rose.**" Bigkas nya ng malakas habang binabasa yung nakasulat sa panyo. "**...Sino to?**"

"**Lalaki ba yon?**" Tanung ni Felix.

"**Babae yata.**" Sagot ni Calix.

"**Teka! Johnrose? Si Adier!**" Sabi ni Blaster at lahat kami napatingin sa kanya. "**...Section B yan! Naging classmate ko!**"

Section B?!

Panong napunta ang panyo ng taga-Section B dito? Nag-tinginan kaming lahat at parang nagkaroon ng ideya.

"**Saan ang camp site ng Section B?**" Tanung ni Mayo.

"**Sa kabila pa yon. Tayo lang kasi ang nahiwalay sa lahat ng Section.**" Sagot ni Drew.

Shit naman!

"**Ano to?! Ninakawan tayo ng Section B?!**" Inis na tanong ko.

"**Muka nga.**" Sagot ni Eren.

Kainis! Bakit kailangan nilang gawin to?! Masama pa nito, dinamay pa nila si Snorlax ko. Bigay sakin yun eh!

Bigay ni Percy.

"**Kailangan nating bawiin yung mga yon!**" Sigaw ni Felix.

Sang-ayon ako sa kanya. Kailangan kong bawiin si Snorlax....pati na rin yung pagkain!

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Chapter 173

Author's Note: Walang edit-edit... wooooohhhhhh....

Operation: Bawiin

Jay-jay's POV

Malakas ang apoy sa ginawa naming bonfire. Buti nalang at hindi ako lasing ngayon at baka bigla nalang akong magtawag ng kung ano.

Kagaya dati!

Napailing-iling ako habang inaalis yun sa isip ko. Tanginik! Muka akong tanga don tapos may video pa. Sana lang hindi ko na ulit gawin yon.

Kakahiya!

"Wala pa rin?" Tanong ni David.

Tinignan namin ang mga look out pero umiling lang sila samin. Senyales na wala pa rin sila.

Malakas ang hinala namin na ninakawan talaga kami. Kailangan naming makasiguro at naisip naming paraan ay magpadala ng espiya sa ibang Section. Sa B lang sana muna dahil isa kanila yung may-ari ng panyo na nakuha namin. Pero naisip ni Keifer na magpadala na sa iba.

Taray sa Espiya!

"Ayan na! Ayan na!" Sigaw ni Mayo.

Agad naman naming inabangan. Si Rory at Edrix ang unang dumating galing sa Section A. Kasunod nila si Kit at Eren galing sa

Section B. panghuling dumating sila Blaster at Drew galing sa Section D. Meron pa kaming isang hinihintay galing sa Section C.

"**Bakit wala pa sila?**" Nag-aalalang tanong ni Eman.

Kahit ako nag-aalala na rin. Baka kasi nahuli sila. Nagpadala kami ng dalawang tao sa bawat Section. Hindi sa pinaghihinalaan namin ang Section nila Rakki pero kailangan naming maka-siguro.

"**Natatanaw ko na!**" Sigaw ni Mayo at nakita naming parating si Ci-N at Felix.

"**Kompleto na lahat?**" Tanung ni David.

"*Andito na!*"

"*Kompleto! Walang palya!*"

"*Okay na!*"

Naglapitan na lahat sa bonfire. Para kaming nasa isang importanteng pulong. Bale importante din naman to, dahil usapang pagkain!

"**Rory & Edrix! Did you see anything?**" Tanong ni Keifer.

"**Meron!**" Sagot ni Rory. "**...nasa kanila yung cooler natin!**"

"*Shit!*"

"*Bakit sa kanila?!*"

"*Pano na tayo nyan?!*"

Pinatahimik ni Yuri ang lahat sa pagsenyas sa kamay nya. Ginawa naman nila yon at nagpatuloy si Rory sa pagsasalita.

"**...Ang masama nito. Nilagyan nila ng alak yung cooler. Hindi na tayo pwedeng magsumbong sa organizer.**" Huminga sya ng malalim. "**...baka isipin nilang satin din yon.**"

Sumang-ayon ang karamihan samin. Hindi naman namin pwedeng sabihin na sa Section A yon. Sigurado'ng babaliktarin na nila kami.

"**How about you, Kit and Eren?**" Tanong ulit ni Keifer.

"**Meron.**" Sagot ni Kit. "**...Yung bigas natin nasa kanila.**"

"**Pinaghati-hatian ba nila mga pagkain natin?**" Inis na tanong ni David.

Kahit ako naiinis na. Bakit naman kasi kailangan nila kami'ng nakawan? Wala naman kaming ginagawa sa kanila.

Wala nga ba?

"**Nasa Section D naman yung mga canned goods at noodles natin. Yung anim na kahon na dala natin.**" Singit ni Blaster.

"**Malinis sa Section C!**" Sabi ni Ci-N habang nakataas ang kamay. "**...mabait kasi si Rakki me'loves. Hindi nya kayang gawin satin yun.**"

Hay... buti nalang.

Yun din ang nasa isip ko. Hindi talaga magagawa samin ni Rakki yun. Mukang nasa tatlong Section lang ang mga pagkain namin.

Pero yung Snorlax ko?

"**Kumpirmado, nasa kanila nga.**" Sabi ni Yuri at naglakad-lakad na parang may iniisip. "**...Pero pano natin babawiin sa kanila?**"

Great question! *But no answer!*

"**Hindi na tayo pwedeng magsumbong sa organizer.**" Paalala ni Rory.

"**Kung komprontahin kaya natin sila?**" Suggestion ko.

"**Baka tayo naman ang isumbong nila sa organizer at baliktarin tayo.**" Sagot ni Edrix.

May punto sya!

Bigla nalang nagtaas ng kamay si Ci-N habang tumatalon-talon pa. "**Kung pasabugin nalang natin ang mga tent nila sabay kuha ng**

gamit natin! Tapos patayin ang mga manlalaban at aalipinin ang mga kababaihan!!! Bwuhahahahahahaha!" Sabi nya habang tumatawa na mala-impakto.

Lahat kami napa-ngiwi sa pinag-sasabi nya. Hindi ako sigurado kung ako lang ba nakakapansin na nagiging brutal yata si Ci-N. Hindi kaya may kung anong kinakain to sa condo nya?

"Nag-almusal kaba?" Tanong ni Drew sa kanya.

Kamot batok naman na nag-nod si Ci at takang tumingin samin.

"Gamot, nakainom ka?" Tanong ni
Eren.

"Gamot saan?" Patay malisyang tanong din ni Ci-N.

"Sa utak mo! Ang lakas kasi ng tama mo!" Inis na sabi ko.

Tinawanan lang nya kami. Tong bata'ng to, kulang siguro sa tulog.

Epekto lang ng rabis yan!

"We have no time for jokes! Kailangan nating maka-isip ng paraan kung pano natin mababawi yung mga pagkain." Seryoso'ng sabi ni Keifer.

Sa totoo lang tama sya. Maaga pa para sa hapunan pero nagugutom na ko. Kapag nag-umpisa ng kumalam ang mga tyan namin, malaking problema yun.

Wala kayang nakakita ng Snorlax ko?

Kanya-kanya ng suggestion at pwedeng gawin. Habang nag-iisip at nangungulit naman tong si Ci-N----na yung plano nalang daw nya ang gawin namin----may kung anong bagay na nalaglag sa likod nya.

Tinignan nya yon at bago pa man din kami makapag-tanong kung ano yon, bigla nalang syang nag-tatarang na parang babae.

"Ahas! Ahas! Ahas!" Sigaw nya.

Agad na nagkagulo ang mga Ulupong at nag-takbuhan. Meron pang nadapa at nasubsob. Dahil sa sakit ng katawan at hita ko, hindi ako agad nakatayo.

Kitang kita ko ang ulo ng Ahas na lumiligid ang tingin at parang naghahanap ng mabibiktima.

"*Mamatay na tayo!*"

"*Aaaahhhh!*"

"*Ayoko pang mamatay!*"

Pinilit kong tumayo at kung mamalasin nga naman. Bigla nalang sumakay si Ci-N sa likod ko habang sumisigaw.

"Yung bestfriend ni Jay-jay! Tutuklawin tayo!"

Bestfriend?!

Kelan pa ko nagkaroon na bestfriend na Ahas? Abnormal talaga!

Dahil masakit ang katawan ko at ang bigat nya, hindi kaagad ako nakagalaw sa kinatatayuan ko.

"Ci-N! Umalis ka dyan!" Sigaw ko.

"Paalisin mo yung bestfriend mo!"

Ay hinayupak!

Hindi na kaya ng katawan ko. Kusa nalang kaming tumumba pabagsak sa lupa. Napapikit nalang ako.

"Aray!" Sigaw ko pagtama sa lupa.

Putik yan! Patong-patong na yung sakit ng katawan ko. Nabugbog na nga ako, sinakyan pa ko ng bata'ng kumag na to at natumba pa kami sa lupa.

"Walang gagalaw!" Sigaw ng kung sino.

Dinilat ko yung mata ko. *Shutanginames!* Face to face with my

Bestie! Kaya pala may sumigaw na walang gagalaw.

Kaharap ko na yung ulo ng Ahas. Kitang kita ko ang paglabas ng dila nito habang nakatingin sakin.

Ako target nya! Mamamatay na ko!

"Walang gagalaw!" Sigaw ulit nila.

Nakita ko si Yuri na nangunguha ng sanga ng puno pero bago pa man nya magamit yun, mas lalung tumaas ang ulo ng Ahas. Indikasyon na handa na syang manuklaw.

Literal na walang gumalaw samin. Kung pwede ko lang pigilin ang paghinga ko, ginawa ko na. Kahit mata ko hindi ko magawang ikurap o ilipat ng tingin.

Bigla nalang kaming nakarinig ng tunog ng nabaling stick o sanga. Naging dahilan yun para bumuka ang bibig nung ahas at umambang tutuklawin ako.

Pero hindi nakalapit sakin ang bibig nya. May humatak sa buntot nito palayo sakin.

Si Keifer!

Ibinato nya yung Ahas palayo at tumama pa yun sa puno. Yun nga lang hindi naging dahilan yun para tumigil yung bestfie ko----*huh?!*

Mabilis na gumapang yung Ahas pabalik kay Keifer para tuklawin sya pero agad syang naka-iwas sa pagtakbo palayo.

Malas talaga si Jay-jay!

"*Jay! Umalis ka dyan!*"

"*Jay-jay!*"

Ako talaga ang target nya! Bago pa man ako makatayo para tumakbo palapit na sya sakin. Akala ko katapusan ko na. Akala ko dun na magtatapos ang buhay ko pero may swiss knife na bumaon sa ulo ng Ahas.

Lahat kami nakahinga ng maluwag. Tinulungan ako ni Yuri na makatayo. Niyakap din nya ko.

"**Sorry... Hindi man lang kita natulungan.**" Bulong nya bago bumitaw.

"**O-okay lang... Nakaligtas naman ako.**"

Agad naman tumakbo palapit sakin si Keifer. Niyakap agad nya ko ng mahigpit.

"**Shit! Hindi ko alam na nasa likod pa rin kita!**"

Tinignan ko si Yuri sandali. Kita ko sa mata nya na nasasaktan sya. Agad din syang lumayo sa amin.

"**Patay ang bestfriend ni Jay-jay.**" Sabi ni Ci-N na parang nag-anunsyo ng balita sa radyo.

Aning!

"**May Ahas pala dito! Bakit dito pa rin tayo nilagay ng organizer?!**" Inis na tanong ni Mayo.

Tama sya! Bakit dito pa rin kami nilagay? Tama yung hinala ko nung makita ko yung matataas na damo sa hindi kalayuan.

Nakita ko si David na hinugot yung swiss knife sa ulo ng ahas. Pinunasan nya yun bago inayos at nilagay sa bulsa nya.

"**David!**" Tawag ko sakanya at lumingon sya sakin. "**...Thank you!**"

"**Anytime.**" Sabi nya at ngumiti.

Nilapitan nila Ci-N yung Ahas. Sinundot-sundot pa nila ng maliit ng sanga ng puno para malaman kung buhay. Medyo gumagalaw pa pero parang bulate na nilagyan ng asin.

Bigla nalang ngumiti ng malapad si Ci-N at humarap saming lahat. "**Alam ko na kung pano natin mababawi yung mga pagkain natin.**"

Malakas ang kutob kong hindi maganda ang gagawin ng Batang kumag na to. Pero kailangan naming marinig ang plano nya.

Pinalapit nya kaming lahat pinaliwanag ang planong sinasabi nya.

"**Sigurado kaba dito Ci?**" Tanung ko sa kanya.

"**Oo naman! Patapusin mo muna kasi ako.**" Inis na sabi nya sakin at hinayaan ko syang ituloy ang paliwanag nya sa mga gagawin namin.

Nang matapos sa pagpapaliwanag, sang-ayon naman ang lahat. Hinati muna namin ang grupo. Yung mga pupunta sa Section A, B at D. Maiiwan naman yung iba para bantay sa camping site namin.

Umalis si Drew para kuhanin ang kailangan. Sinigurado naman ni David na patay na yung Ahas at wala ng palag sa gagawin namin.

"**Wala bang nakakita sa inyo ng Snorlax ko?**" Tanung ko sa kanilang lahat.

Nagtinginan ang karamihan para alamin ang mga sagot nila. Yun nga lang mukang wala.

"**Hindi ako sigurado...**" Sabi ni Edrix kaya napatingin kami sa kanya. "**...may hawak kasing staffed toy si Ella, pero hindi ko nakita ng maayos.**"

Hala!

Wala namang magdadala ng staffed toy dito----bukod sakin. Baka yun yon! Si Snorlax ko!

"**Eto na! Eto na!**" Sigaw ni Drew habang tumatakbo dala ang isang fishing rod.

Agad na inayos ni David ang Ahas para itali dun sa fishing rod. Sinigurado nilang matibay at maayos ang pagkaka-kabit.

Nang matapos sa ginagawa, nagsipag-ayos na sila. Sa Section D muna ang punta nila para bawiin ang mga canned goods at noodles namin.

Naiwan ako, si Keifer, Yuri, si Josh, Mayo at Denzel. Pilit nila'ng tinatayo yung mga nasirang Tent. Mukang mapipilitang maki-share yung iba.

"**Gagana kaya yung plano ni Ci-N?**" Tanung ko.

"**Gagana yun... Si Ci-N pa.**" Sagot sakin ni Denzel.

Nag-aalala ako. Baka kasi mahuli sila, malaking gulo yun pagnag-kataon. Ka-away pa naman namin ang mga Section D.

May ilang minuto din kaming naka-tanga dun. Tinitignan ko yung Hari at si Yuri. Nakatahimik lang naman sila, may pagkakataon na nag-uusap sila pero sandali'ng sandali lang.

Bakit kasi ako pa?

Kung hindi lang kaya ako ang babae sa Section E, magkaka-gusto pa rin kaya sila sakin? Siguro atleast isa sa kanila magkaka-gusto sa iba.

Hay... Nalulungkot tuloy ako. Nahihirapan ako sa sitwasyon nila. Kasalanan ko talaga to.

"**Jay...**" Tawag sakin ni Mayo at naupo sya sa tabi ko. "**...kamusta pakiramdam mo?**"

"**Makirot pa rin kapag gumagalaw ako.**"

"**May pain reliever si Josh dyan. Gusto mo?**" Alok nya sakin.

Umiling agad ako. "**Wag na... Mawawala din to.**"

"**Tatag... Titiisin mo talaga yung sakit?**"

"**Oo naman... Parang hindi ako nakikipag-away dati.**"

Nag-nod lang sya bilang pagtanggap sa sagot ko. Tumahimik kami pareho sandali. Pakiramdam ko may gusto syang sabihin kaya sya lumapit sakin.

"**May problema ba?**" Tanung ko.

Nagpilit sya ng ngiti. "**Si Kit kasi...**"

"**Bakit?**"

Huminga sya ng malalim. "**Ayaw na kasi talaga nya. Dapat naba kong sumuko?**"

Sakin pa talaga sya nagtanong.

"**H-hindi ko alam. Ang hirap kasi ng sitwasyon nyo.**" Naiilang kong sagot.

Huminga ulit sya ng malalim. Ramdam ko yung lungkot nya. Pakiramdam ko tuloy bagay talaga kaming magsama sa isang sulok.

Bakit ba kasi pareho silang lalaki? Bakit ba kasi yung mag-bestfriend yung nagka-gusto sakin?

"**Siguro...**" Panimula nya. "**...titigilan ko na sya...**" Ngumiti sya at tumingin sa malayo. "**...Tama na siguro.**"

Ewan ko ba pero parang ang sakit sa kanya nung mga binitawan nyang salita. Kulang nalang umiyak sya sa harapan ko para makumpirma yung sakit na nararamdaman nya.

Nakarinig kami ng nagkaka-ingay. Agad kaming napatayo ni Mayo. Dumating sila, dala-dala ang mga kahon namin na puno ng canned goods at noodles.

Nagtatawanan pa sila at nag-aasaran. Nilapag nila sa harap ni Keifer yung mga kahon. Binuksan sila yun at tinignan kung may bawas na.

"**Kulang na... Mukang nanguha na sila.**" Sabi ni Yuri.

"**Okay lang yan. At least nabawi na natin.**" Sabi ni David.

"**Sa Section B naman tayo.**" Masayang aya ni Ci-N.

Tuwa'ng tuwa siguro sya dahil gumana yung plano nya.

Muling umalis ang mga luko, dala na naman yung fishing rod kung

saan nakasabit yung Ahas.

Kawawa naman yung bestie ko.

Sa pagkakataon na to, naiwan naman sila Kit at Eren. Inayos nila yung pagkakalagay ng mga kahon. Ginamit din nilang pangtakip yung mga sirang tent.

Tinignan ko si Mayo na nakatitig kay Kit. Kita ko sa kanya na gusto-gusto na nya'ng maka-usap yung taong mahal nya.

Nabigla ako ng makita'ng may tumulong luha sa isang mata nya. Agad nyang pinunasan yun.

"**S-sasama muna ako sakanila.**" Paalam nya sakin at agad na sumunod kila Ci-N.

Binalik ko yung tingin ko kila Kit at nakita ko yang sinusundan ng tingin si Mayo. Tinapik ni Eren ang braso nya kaya agad syang bumalik sa ginagawa.

Nakita kaya nya yung pagiyak ni Mayo?

Naawa na ko sa kanila'ng dalawa. Sana naman mag-usap na sila ng maayos. Gustohin ko mang makialam sa kanila, hindi ko na magagawa. May sarili din akong problema.

At kasalukuyan silang nakatingin sakin.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Chapter 174

Operation: Bawiin 2.0

Jay-jay's POV

"**Mag-saing na kayo!**" Sigaw ni Felix habang naglalakad palapit samin.

Dala-dala na nila yung malaking timba na may bigas. Nabawi na rin nila.

Nice! Rice!

Isa nalang ang problema namin, yung sa Section A. Yung cooler namin na nilagyan nila ng alak. Sana pati sa kanila gumana din yung plano ni Ci-N.

Nagpahinga muna sandali sila David. Mukang napagod sa pagpapabalik-balik dito samin.

"**Sa Section A naman tayo.**" Sabi ni Ci-N na mukang hyper na naman.

"**Teka lang naman!**" Reklamo ni Calix.

"**Magpahinga ka muna Ci-N! Masyado kang excited sa plano mo!**" Sita sa kanya ni Eman.

Naka-nguso namang naupo si Ci-N sa tabi ko. Kahit natatawa na rin sa kanya. Masyado sya'ng na-excite sa plano nya.

"**Hindi nyo ba napansin Snorlax ko?**" Tanung ko sa kanya.

Umiling sya. "**Sino namang Aning ang gusto'ng yumakap sa stop toy sa ganitong lugar?**" Sarkastiko nyang tanung.

Naningkit ang mata ko sa kanya. Ako yung *Aning* na yun. Kaya nga nagdala ako para merong kayakap. Kakahiya naman!

Tumayo sila David at inayos yung fishing rod. Nakita ko din na nagsitayo na yung iba. Dahan-dahan din akong tumayo para sumama sa kanila.

"**Sasama ako.**" Sabi ko at tinignan nila ko.

"**No. Stay here and have rest.**" Utos ni Keifer.

"**Kanina pa naman ako nakapag-pahinga.**"

"**Kahit na Jay... Hindi basta-basta yung nangyari sayo kaya kailangan mong magpahinga.**" Pilit ni Yuri.

"**Pero kasi---**"

"**Jay.**" Maotoridad na tawag ni Keifer sa pangalan ko. "**...wag kana makipagtalo.**"

"**Yung Snorlax ko nga. Kailangan kong bawiin yun.**" Nakiki-usap na sabi ko sa kanya. "**...please.**"

Napabuntong-hininga sya bago suklayin ang buhok. "**Fine.**"

YES!!

"**...pero sasama ako.**" Dagdag nya at tinignan yung mga Ulupong. "**...maiwan na yung iba sa inyo. Kami naman ang sasama.**"

Nag-nod sila bilang pag-sang-ayon. Ako, si Ci-N, David, Felix, Yuri at Keifer ang lumakad papunta sa camping site ng Section A.

Sa magubat na parte kami dumaan. Kahit masakit ang katawan ko, tiniis kong lahat yun para lang mahanap si Snorlax ko.

Nagtago kami sa halamanan. Si Ci-N naman umakyat sa puno at pumwesto sa pinaka-matibay na sanga. Inabot ni David sa kanya ang fishing rod kung saan naka-sabit si *Bestie*.

"**Dun ka Keifer...**" Turo ni David sa hindi kalayuan sa amin. "**...back up ka namin. In case na mahuli kami.**"

"**Tss.**" Bored na sagot nya.

Manung sumagot ng maayos!

Naglakad naman sya dun sa tinuro ni David. Medyo malapit sya sa pwesto ng cooler.

"**Maiwan ka dito.**" Sabi ni Felix kay Yuri. "**...bantayan mo si Jay-jay.**"

Nag-nod si Yuri at tinignan ako tsaka ngumiti.

"**Dito tayo.**" Sabi ni David kay Felix.

Naglakad sila papalapit sa cooler pero may kinuhang kaputol na halaman si Felix pang takip ata sa kanila.

Hinahanap ng mata ko yung Snorlax ko. Nanlaki ang mata ko ng makita kong yakap-yakap ni Ella yun.

Hoy! Snorlax ko yan!

"**Snorlax ko.**" Sabi ko habang naka-turo kay Ella.

"**Ako na kukuha.**" Sabi ni Yuri at naglakad palapit sa pwesto ni Ella

Tinignan ko sila David na mukang hinihintay si Ci-N. Nagsenyas sila sandali at ginawa na nila ang plano.

Inihagis ni Ci-N ang fishing rod na parang namimingwit. Saktong nalaglag yung Ahas sa pwesto nung mga babae'ng nagku-kwentuhan.

"**Aaaahhhhhhhh!!!**" Malakas na sigaw nila na pinangungunahan ni----nino pa nga ba? Edi ni Freya!

Nagkagulo silang lahat. Maging mga kalalakihan hindi alam ang gagawin. Lalu na nang galaw-galawin ni Ci-N yung fishing rod. Nagmukang tuma-taas ang ulo nun at parang manunuklaw.

Habang natataranta ang lahat at naka-focus ang tingin sa Ahas. Kinuha ni David at Felix ang pagkakataon. Mabilis nilang hinatak ang cooler. Agad namang sumunod si Keifer sa kanila para

tumulong.

Bumalik sila sa pwesto namin. Naghabol muna ng hangin ang tatlo. Tingin ko ay napagod sila dahil mabigat yung cooler.

Hinanap ko si Yuri at nakita kong dahan-dahan nyang kinukuha si Snorlax na nasa damuhan. Mukang naihagis yun ni Ella sa pagkagulat.

Nang makuha, tatakbo na sana si Yuri pabalik samin pero nahuli sya. Nahuli sya ni Ella! Para silang nag-usap sandali at nag-nod naman si Yuri bago tumakbo pabalik samin.

Anung pinag-usapan nila?

"**Nakuha ko.**" Sabi nya sabay abot sakin ni Snorlax.

"**Snorlax ko!**" Sabay yakap ng mahigpit don.

Bigla nalang lumapit samin si Ci-N. Medyo pawis at parang namumutla sya.

"**Umalis na tayo!**" Sabi nya.

Napatingin kami sa fishing rod. Wala na yung Ahas. Ulo nalang yung natitira kay Bestie.

Yung bestfriend ko!

"**Mamaya na tayo mag-usap! Tara na!**" Aya ni David.

Mabilis kaming umalis at sa magubat na parte ulit kami dumaan. Medyo madilim sa totoo lang. Salamat sa liwanag ng buwan kaya nakikita pa namin yung dinadaanan kahit kaunti.

Hindi kami makagamit ng flashlight at baka mahuli kami.

"**Anu bang nangyari? Bakit ulo nalang natitira sa bestfriend ko?**" Tanung ko.

Bahagya'ng natawa si Ci-N. "**Edi yung pinsan mong malakas ang sapak! Bigla nalang hiniwa ng kutsilyo yung ulo ng Ahas!**

Syempre nabigla ako kaya hinatak ko pabalik!"

Gulat kaming natigilan. Panu kung nakita nila? Shit baka mahuli kami!

"**Wag kayong mag-alala!"** Sabi nya samin habang nakataas ang dalawang kamay. "**...Akala nilang lahat tumalsik ang ulo sa kung saan!"**

"**Sigurado ka?"** Tanung ni Felix.

"**Oo naman!"** Mayabang nyang sagot.

"**Then throw that thing away!"** Inis na utos ni Keifer habang nakaturo sa ulo ng Ahas.

"**Sure kayo? Mawawalan ng remembrance si Jay-jay sa bestfriend nya."** Nangongonsensyang sagot nya.

Natawa naman sila Yuri sabay tingin sakin. Inirapan ko naman si Ci-N dahilan para lalu pa silang magtawanan.

Bumalik na kami sa camping site namin. Hindi talaga tinapon ni Ci yung ulo ng Ahas. Sinabit nya pa yun malapit sa bonfire.

"*Nice! Kanina pa ko nauuhaw!*"

"*Painom-painom!*"

"*Bakit may San Mig dito?*"

Nagkakagulo sila habang nakapa-ikot sa cooler. Naupo naman ako malapit sa tent ko habang mahigpit na nakayakap kay Snorlax.

"**Mamaya na yan! Kumain na muna tayo!"** Sabi ni Eman.

Nakita kong may sinaing na. Nakahanda na rin yung ulam namin for tonight. HAM!

HAMpas ang talong sa bagoong!

Nahihiya ako kay Eman. Hindi ko kasi sya matulungan sa paghahanda ng kakainin namin. Wala pa namang saysay tong mga

to.

Medyo gumaan lang pakiramdam ko ng makita ko si Josh na tinutulungan sya.

Weird.

Kung dati nakaka-kilabot si Josh, ngayon parang nakaka-inis na sya. Simula kasi nung nag-away-away sila, laging masama ang tingin nya sakin. Sa bawat tingin nya, parang sinasabi na '*Kasalanan mo tong lahat!*'.

Hindi ko na naman sya magawang kausapin. Baka maulit lang yung nangyari dati na nagsagutan kami.

May bigla nalang nag-abot ng plato na pagkain sakin. Napataas ang tingin ko para tignan yung may-ari ng kamay.

Keifer kumag.

"**Eat.**" Utos nya.

Kahit labag sa loob ko dahil wala akong gana, kinuha ko pa rin. Sure akong makikipagtalo lang tong isa na to masunod lang yung gusto nya.

Naupo sya sa tabi ko habang hawak ang plato nya.

"**Aanu ka dito?**" Takang tanung ko.

Parang nainis sya sa sinabi ko at tinignan ako ng masama.

"**You're seriously asking me '*kung aanu ako*'?**"

Dahan-dahan naman akong nag-nod. Feeling ko may mali akong nasabi.

"**Am i not allowed to eat beside you?**" Sarkastikong tanung nya.

Ooohh... Yun pala yun!

"**H-hindi naman s-sa ganun...**" Sagot ko at awtomatiko akong napatingin kay Yuri.

Naka-higa sya sa kinabit nilang duyan----na dala nya----at nakatingin samin.

Kusa din syang umiwas at pumikit nalang habang nakapatong ang braso sa noo nya.

"**If you don't want me here. Just say so.**" Sabi ni Keifer.

Bigla naman akong nasaktan sa sinabi nya. Hindi kasi sa ganun. Agad ko syang hinawakan sa braso nung tatangkain na nyang umalis.

"**H-hindi... A-anu ka b-ba?**" Pilit na ngiti kong sabi. "**...kumain na tayo! Dami mong arte!**"

Wala syang reaksyon na kumain. Sinabayan ko naman sya kahit sa totoo lang naiilang ako. Napapansin ko kasi yung iba na tumitingin samin.

Para bang napakalaki'ng kasalanan na kumain ako kasabay yung Hari ng mga Ulupong. Parusa ang bawat pag-nguya at paglunok ko. Kumikirot kasi yung gilid ng labi ko. Kasabay nun ang pagkirot ng lalamunan ko.

Buti nga kahit papanu nakakakain ako. Nung pinagtulungan ako ng Section D dati, kahit laway ko ayaw tanggapin ng tyan ko.

"**Oi! Mga panget!**" Sigaw ni Felix pero walang tumingin sa kanya maliban sakin.

Panget ako?!

"**Mga panget!**" Sigaw ulit nya.

"**Ikaw lang pangit dito!**" Sagot ni Ci-N sa kanya.

"**Mga gwapo!**" Sigaw na naman nya pero sa pagkakataon na to marami na ang sumagot.

"**BAKIT?!**" Sabay sabay nilang sigaw.

Kepel nemen!

"**Titigas ng muka nyo!**" Inis na sabi ni Felix. "**...Sira yun tent nung iba kaya kailangang mag-share!**"

"*Ay oo nga!*"

"*Share tayo!*"

"*Sayo nalang ako makiki-share.*"

"*Share tayo tapos yayakapin kita!*"

"*Ulowl! Bakla!*"

Malakas na tawanan ang narinig ko sa kanila. Gustohin ko mang makitawa hindi ko magawa. Awtomatiko akong napatingin kay Kit. Malungkot ang muka nya habang patuloy sa pagkain.

Yung bagay na iniiyakan nya, ginagawa lang katatawan ng iba. Para sakin mahirap din yun. Mabigat sa kalooban.

"**Jay!**" Tawag sakin ni Ci-N. "**...Sayo ako makiki-share.**"

"**Sige lang...**" Bored kong sagot.

"**No.**" Maotoridad na sabi ni Keifer.

Pare-pareho kaming natigilan. Kahit yung ibang nagtatawanan, tumahimik din. Si Yuri na nakapikit kanina ay dumilat at tumingin samin.

"**O-okay lang naman s-sakin. Nagkasama na kami ni Ci-N sa kwarto dati.**" Paliwanag ko.

"**Jay... Your room is wide and your tent is not.**" Tinignan nya ko ng seryoso. "**...babae ka at lalaki pa rin si Ci-N.**"

Ang dumi naman ng utak nito. *Pakilinis please!*

"**Eh anu? Hindi naman iba sakin si Ci-N.**" May halong inis sa boses ko.

Ang totoo nami-miss ko na rin yung bonding namin ni Ci tuwing gabi. Gusto ko din sanang marinig ang kwento nya tungkol sa

tinitirhan nya.

"**No. No one will share a tent with you----except me, of course.**"

Ay busit!

Gagalitin ako nitong lalaki na to. No one will share? Tapos sya pwede. Ang tindi mo brad!

"**Excuse me.**" Sabi ni Yuri at umayos ng upo sa duyan. "**...Hindi porket may relasyon kayo ni Jay, ay pwede na kayong magsama sa tent.**" Tumayo sya at bahagya'ng naglakad palapit samin. "**...No one is allowed to share a tent with her. Ang panget naman yata kung magsasama ang isang babae at lalaki sa tent.**"

Ano?!

Tumayo si Keifer at parang naghahamon ang tingin nya kay Yuri. Hala! Kala ko ba magkasundo sila? Bakit parang may tensyon na naman?

"**Fine. Jay-jay will sleep alone on her tent.**" Seryosong sagot ni Keifer.

"**Bakit hindi nyo nalang hayaan si Jay-jay na magdeside?**" Suggestion ni David at tumingin sila sakin.

Bakit ako?!

Kapag namali ako ng sasabihin baka bigla nalang silang magrambulan dito. Tinignan ko si Keifer at Yuri. Ganun din yung iba.

"**Si Ci-N nalang siguro.**" Mahina kong sagot. "**...k-kung okay lang.**"

Huminga ng malalim si Keifer. "**Fine. That's what you want.**"

"**Okay lang.**" Sagot ni Yuri.

Ayoko sana pero kasi... Nagmamaka-awa yung tingin ni Ci-N.

Walang syang ka-share ng tent. Sinira din kasi yung tent nya.

Pagkatapos kumain, inayos nila yung mga pinagkainan namin. Sila Calix at Eren ang naghugas. Dahil malayo ang banyo, nagtoothbrush nalang yung iba at natulog na.

Pinili kong pumunta ng banyo. Gusto ko din kasi makita yung itsura ko sa salamin. Nagpasama ako kay Ci-N na busy sa paglalaro ng bato.

"**Umayos ka nga.**" Sita ko sa kanya matapos sipain ang bato at muntik pang maka-tama.

"**Bakit?**"

"**Bakit ka dyan!**"

Hindi nya ko pinansin at nagtuloy lang sa paglalakad. May nga kasabay kami na taga-ibang Section. Kanya-kanya sila ng kwentuhan.

"*Grabe! May Ahas pala dito.*"

"*Oo nga! May napunta nga din samin.*"

"*Samin din!*"

"*Samin wala.*"

Nagtinginan kami ni Ci-N at halos pigilin namin ang paghinga para lang hindi kami matawa.

Kung alam nyo lang!

"**Rakki!**" Sigaw ni Ci-N habang kumakaway. "**...mi'loves!**"

Salubong ang kilay ni Rakki na lumapit samin at aambaan ng batok si Ci-N. Pinagtinginan din kasi kami dahil sa ginawa nya.

"**Ingay mo!**" Inis na sabi nya pero tinawanan lang sya ni Ci.

Tumingin sya sakin kaya agad ko syang nginitian. "**Hi.**"

Tinignan nya ko at parang sinusuri ang muka ko. "**Pasa ba yan?**"

Bahagya akong umiwas para hindi nya makita ng maayos. Hindi rin sakto ang ilaw sa pwesto namin kaya alam kong hindi nya makikita ng maayos.

Tinignan ni Rakki ng masama si Ci-N. "**Sinasaktan nyo ba si Jay-jay?**"

"**Hindi ah! Kami pa nga sinasaktan nya!**" Dipensa agad nya.

"**Kapag nalaman kong sinaktan nyo si Jay. Yari kayo sakin!**" Banta nya at humarap sakin sabay ngiti. "**...sabay na tayo sa C.R.**"

Dahan-dahan naman akong nag-nod. Hindi naman kasi ako pwedeng samahan ng bata'ng kumag sa loob ng banyo. Ngumiti sakin si Ci at sumenyas na hihintayin nya ko.

Lagaslas ng tubig galing sa shower ang umaalingawngaw sa C.R. Kasabay din non ang tawanan at kwentuhan ng ibang Section.

Bestfriend ko ang kanilang topic!

"**May Ahas din ba don sa site nyo? Samin wala.**" Tanung Rakki at pumwesto sa harap ng lababo.

"**M-meron.**" Halos pabulong kong sagot.

Samin naman kasi talaga nagpakita yung bestfriend ko. Tapos ginamit lang namin sa sya. *Hehe!*

Humarap ako sa salamin at mula sa pwesto ko, kita'ng kita ko ang pasa sa gilid ng labi ko. Pati yung marka sa leeg ko na sinakal ni Cyrus nakikita ko din.

"**Tama nga ako. Pasa nga yan.**" Sabi ni Rakki at pinagmasdan ang muka ko. "**...may nanakit ba sayo?**"

Umiling ako. "**W-wala... Anu y-yan... Tumama nung nagkakagulo kami dahil sa Ahas.**"

Halata'ng ayaw nyang tanggapin yung dahilan ko. Kayalang wala

syang nagawa kaya nag-nod nalang sya. Nag-lagay sya ng toothpaste sa toothbrush nya at sinumulang magsipilyo.

Sandali kong tinignan yung mga nag-shower na babae. Ang i-ingay kasi nila at panay ang kwentuhan. Kahit gustong-gusto ko na silang sigawan hindi ko na ginawa. Nag-sipilyo nalang ako.

Pagkatapos nun, hinintay namin pareho ni Rakki na magkaroon ng bakante sa shower room. Medyo matagal dahil puro arte pa yung mga nag-sh-shower.

Pagpasok sa loob, mabilisan lang ang ginawa ko dahil alam kong naghihintay si Ci-N sa labas. Baka bigla nalang mainis sakin yun.

"**...Grabe yung Ahas kanina.**" Dinig kong sabi sa labas ng cubicle ng shower. "**...Buti nalang ang galing ni Aries.**"

Pamilyar sakin yung boses nung nagsasalita. Hindi ako sigurado pero pakiramdam ko si----

"**Towel mo Mica! Nalaglag na.**"

Boses ni Ella!

Bakit ganun? Yung kay Ella nakilala ko, yung kay Mica hindi. Ganun yata talaga kapag kinaiinisan mo.

Sandali pa silang nag-usap. Tinuloy ko naman yung pagsho-shower ko. Malapit na kong matapos ng marinig ko ulit sila at sa hindi ko maintindihan na dahilan, bigla nalang akong kinutuban.

"**...Sure kaba dyan? Hindi ba magagalit si Aries?**" Tanung ni Mica.

"**Hindi ko alam. Pero sure naman akong maiintindihan nya.**"

"**Pero kasi... Tapos na yun. Hindi mo na dapat ungkatin pa.**"

Dinig ko ang pagbuntong hininga ni Ella. "**Yuri deserve to know the truth.**"

Yuri? Truth?

"**Kelan kayo magkikita?**" Tanung ulit ni Mica

"**Hindi pa ko sigurado pero sinabi ko sa kanya na hintayin nya.**"

Nag-uusap sila? Anung truth yun? Bakit kailangan pa nilang magkita? Naguguluhan ako.

Hindi ko na sila narinig pang nag-uusap. Bahagya akong sumilip sa pinto ng cubicle. Wala na sila sa harap ng salamin.

Lumabas ako agad at kinuha ang mga dala ko. Sakto naman labas din ni Rakki sa cubicle. Tinignan nya ko at bigla nalang nagsalubong ang kilay nya.

"**Hala! Bakit namumula ang leeg mo?**" Nag-aalalang tanung nya.

Napatingin samin ang ibang tao. Binalot ko naman agad ng towel ang leeg ko.

"**W-wala to.**" Sagot ko at lumakad na palabas ng C.R.

Kasunod ko lang si Rakki at ng makalayo kami, agad nya kong hinawakan sa braso at hinarap sa kanya.

Galit ang mga tingin nya. "**Si Keifer may gawa nyan no?!**"

"**Hindi.**" Mabilis kong sagot.

"**Jay... Hindi mo kailangang itago sakin. Alam ko ng may relasyon kayo ni Keifer.**" Tumingin sya sa paligid para tignan kung may ibang tao. "**...kaya kung sinaktan ka nya sabihin mo.**"

"**Hindi si Keifer may gawa nito. Oo, may nanakit sakin pero hindi sya.**" Napakamot ako sa ulo. "**...Bakit mo naman naisip na si Keifer ang may gawa nito?**"

Huminga sya ng malalim. "**Dahil ginawa na nya yan. Seloso yung sira ulo na yun!**"

Bigla nalang bumilis ang tibok ng puso ko. Hindi ko masabi kung kinakabahan ako.

"G-ginawa? Kanino?"

Umiwas sya ng tingin sakin. Alam kong ayaw nyang sabihin. Pero kagaya din sya ni Ci-N kaya alam kong hindi din sya makakatiis.

"K-kay... Kay Freya."

Kay Freya?

Shit! Naging sila nga pala ni Freya. Pero parang ang hirap maniwala na magagawa nga ni Keifer.

Sandali akong natahimik at napa-isip. Nung halikan ko si Yuri sa gilid ng room namin, hinawakan nya ko sa panga nun. Natakot ako sa kanya at akala ko kaya nya kong saktan. Siguro, kaya nga nya.

Pero ang hirap pa ring maniwala.

"...Nag-papasaway na din kasi si Freya nun. Kaya siguro ganun na din ang nagawa ni Keifer." Dagdag pa nya.

Pero kahit na, hindi pa rin sapat na dahilan yun. Kahit naman mukang coloring book si Freya, babae pa rin sya muka nga lang paa.

"Hoy! Andyan na pala kayo!" Sigaw samin ni Ci-N habang tumatakbo palapit.

Nawala sya sa isip ko.

"Kanina ko pa kayo inaantay dun." Sabi nya at sandaling naghabol ng hangin.

"Wala ka naman kaya dun." Inis na sagot ni Rakki.

"Bulag ka lang ng pagmamahal mo sakin kaya hindi mo ko nakita."

"Maliit ka kasi kaya mahirap kang makita."

Inis namang tinignan ni Ci si Rakki. **"Tatangkad din ako! At pagtangkad ko, papakasal na tayo!"**

Panandaliang nawala ang iniisip ko dahil sa ingay nilang dalawa. Sobrang dilim na at naririnig ko na ding nagtatawag ang mga organizer.

"**Tara na Ci. Bukas nyo nalang tuloy ang usapang kasal na yan.**" Yaya ko sa kanya.

"**Mabuti pa nga pero bago yun... I will kiss the bride.**" Sabi nya at mabilis na hinalikan si Rakki sa labi.

La!

Kung maliwanag pa, baka nakita ko ang pamumula ni Rakki. Natigilan din kasi sya at nakatakbo na si Ci bago pa sya maka-recover.

"**Hinayupak ka!**" Inis na sigaw ni Rakki.

Natawa nalang ako habang napapailing. "**Balik na kami dun. Good night.**"

"**Sige. Good night. Pakibatukan nalang si Ci-N para sakin.**" Paki-usap nya.

Naglakad na kami sa magkaibang direksyon. Nakita ko si Ci na nagtatago sa likod ng puno at halata'ng kinikilig sa ginagawa.

"**Baliw.**"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Chapter 175

N/A: Kasi nga wala edit.

Tray

Jay-jay's POV

Maaga ako nagising. Hindi dahil maganda ang tulog ko kundi dahil may sumampal sakin.

Tsakit!

Sa sobrang likot ni Ci-N matulog, nasampal nya ko ng hindi sadya. Gustuhin ko man syang gantihan hindi ko na ginawa. Baka magkapasa sya sa lakas ng igaganti ko sa kanya!

Bumangon nalang ako at sumilip sa labas ng tent.

Sobrang tahimik at wala pa kong naririnig na gumagalaw. Tanging huni lang ng ibon at galaw ng dahon ang naririnig ko.

Lumabas ako ng tent at nag-inat---na sana hindi ko ginawa. Kumirot kasi katawan ko lalu na yung mga parteng nabugbog. Sandali akong nagpahinga bago kuhanin ang toothbrush ko at kumuha na rin ako ng tubig para maghilamos.

Hindi na ko nagpunta ng C.R dahil sobrang layo. Hastle naman at hilamos lang naman ang gagawin. Mamaya pa naman ako maliligo.

Habang nag-sisipilyo nakita ko'ng gumalaw yung duyan ni Yuri. Meron kasing nakahiga don at balot na balot ng kumot.

Teka!

Dun kaya natulog si Yuri? Sandali ko pang pinagmasdan yun at tumama nga ang hinala ko ng bumangon ang nakahiga.

Pupungas-pungas na tumingin sakin si Yuri. *Bakit ang gwapo pa rin nya kahit bagong gising?*

"**Good morning.**" Bati ko sa kanya.

Sa halip na sagutin tinitigan nya ko na para bang kinikilala ako. Meron syang kinuha sa gilid nya. *Yung salamin nya!* Sinuot nya yun at tinignan ako ulit.

"**Ikaw pala yan.**" Sabi nya at ngumiti. "**...Good morning.**"

Gusto ko din sana syang ngitian pero para'ng ayaw ng labi ko na gawin yun. Nahihiya ako sa kanya, sobra! Pinipilit kong ayusin yung natitira samin pero parang hindi ko na magawa.

Bumaba sya sa duyan nya at kinuha ang toothbrush nya sa bag. Lumapit sya sakin at kumuha ng tubig sa jog sa tabi ko.

"**Sorry... Hindi kita nakilala.**" Sabi nya at sinimulang mag-sipilyo.

"**Okay lang... Bakit nagsalamin ka ulit?**" Tanung ko.

Ayoko namang tuluyang ilayo ang loob ko sa kanya. May utang na loob din ako sa kanya kung tutuusin. Ang pangit naman yata kung babaliwalain ko yun dahil sa sitwasyon namin.

"**Hinuhubad ko yung contacts ko bago matulog. Wala ako makita ng maayos kaya... eto muna.**" Sabi nya habang nakaturo sa salamin nya.

Nag-nod naman ako. Mahirap kayang magsalamin? Pero mas mahirap yata kung malabo ang mata. Malabo ang paligid.

"**Kinakamusta pala tayo ng parents ko.**" Biglang sabi nya dahilan para matigilan ako.

Sandali kong tinignan ang paligid. Baka kasi may makarinig samin at paniguradong usap o away na naman.

"**A-anung sabi mo?**"

Ngumiti sya sakin. "**Sabi ko, okay lang.**"

Pero hindi tayo Okay.

"Y-yuri----"

"Don't say it." Putol nya sa sasabihin ko. **"...I know you'll ask to stop the engagement."**

Hindi ako nakatingin sa kanya. Ganun ba ko obvious? Hindi ko kasi maintindihan kung bakit kailangan pa ring ituloy.

Tinapos ko na yung pagsisipilyo ko at agad na bumalik sa tent ko. Gising na si Ci-N na pupungas-pungas pang ngumiti sakin.

May bangas pa.

"Aga mo naman nagising." Sabi nya.

"Sampalin ka ba naman habang natutulog. Tignan ko lang kung hindi ka magising." Bulong habang nangunguha ng damit sa bag.

"Ha?"

"Wala."

Inilagay ko muna sa tabi yung damit ko. Maliligo kasi agad ako pagkatapos mag-almusal. Pero mamaya pa yun dahil tulog pa si Eman.

Lumabas ako ng tent at nakita kong gising na rin yung iba. Dumaan si Josh sa harap ko at ewan ko ba pero parang may iba sa tingin nya sakin. Sinundan ko naman sya ng tingin.

Problema nito?

Nakita kong kumukuha ng mga maliit na putol na sanga si Felix. Mukang gagamitin yung pang-gatong. Agad akong lumapit sa kanya at tinulungan sya.

"Aga mo ah?" Puna nya sakin.

"Para makarami agad." Nakangiti kong sagot.

"**Kayalang tulog pa yung taga-luto natin.**" Natatawa nyang sabi.

Tinawanan ko lang din sya. Walang makaka-kain samin hangat hindi nagigising si Eman. Sya lang kasi masarap mag-luto saming lahat.

Nagpapaturo ako dati kay Eman pero tumigil din ako. Lakas kasi ng hampas nya sa kamay ko nung minsang magkamali ako ng hawak ng kutsilyo.

Hawak pa lang sa kutsilyo yun ah!

"**Felix! Jay-jay!**" Tawag samin ng kung sino.

Sabay kaming lumingon at nakita namin si Rory na kumakay samin. Naglakad kami palapit sa kanila. Gising na ang lahat at mukang may seryosong pag-uusapan.

"**Kompleto na?**" Tanung ni Edrix.

Nagtinginan naman kaming lahat. Nang masigurong kumpleto, halos sabay-sabay pa silang sumagot ng '*oo*'.

"**Okay... Maaga tayong mag-aayos. 9am ang start ng program para sa retreat. Lunch ng 12pm tapos 1:30pm naman yung recreational acticvity.**" Paliwanag ni Rory. "**...pero hindi tayo kasali dun.**"

Halos pare-pareho kami ng reaksyon dahil sa sinabi nya. Panung hindi kasali? Eh umaano kami dito kung hindi kami kasali? Pampagulo?

"**Anu? Bakit?**" Tanung ko.

"**Panu nangyari yun?**" Tanung ni Denzel.

Bahahya'ng natawa si Rory. "**Para naman kayong bago ng bago.**" Nagkamot pa sya ng ulo. "**...malamang hindi naman talaga tayo kabilang. Si Sir Alvin nga lang ang dahilan kung bakit tayo nandito.**"

"**Aanu tayo nyan?**" Inis na tanung ni Blaster.

Kahit ako nagsisimula na ding mainis. Display lang yata kami dito o kaya masabi lang na '*lahat*' ng Fourth year kasali.

"**Yung program ng 9am, kasali pa rin tayo don. Kakain tayo ng lunch tapos after nun, magsyesta nalang tayo.**" Paliwanag ni Rory.

"**Boring.**" Bored na sabi ni Calix.

"**Edi samahan mo yung girlfriend mo dun.**" Suggestion ni Ci-N kay Calix.

"**Kung pwede lang bakit hindi.**"

Ang boring naman kasi talaga. Mag-syesta? Ang haba-haba na nga ng tulog namin sa gabi tapos magsyesta pa.

"**Wala naman tayong pwedeng gawin.**" Sabi ni Eman habang nagbubukas ng dalawang pack ng hotdog. "**...Hindi na tayo pwedeng lumabas. Makakagalitan na tayo.**"

"**Gusto nyo magswiming?**" Wala sa sarili kong tanung kaya nagtinginan sila sakin.

Ang totoo, marami pa rin akong alam sa lugar na to kahit matagal na nung huli akong tumambay dito.

"**May pool ba dito?**" Tanung ni Ci.

Umiling ako. "**Maliit na falls at ilog meron.**"

Parang nabuhayan ang mga luko at naglapitan sakin. Kita'ng kita din ang interes nila sa sinasabi ko.

"*Meron? Dun nalang tayo.*"

"*Teka lang! Baka hindi tayo payagan ng organizer.*"

"*Wag natin ipaalam!*"

"*Malayo ba dito yun?*"

"*Swiming nalang tayo!*"

"**Pwede tayong pumunta dun kung gusto nyo. Pero masukal nga lang ang dadaanan.**" Sabi ko.

Kita ko ang interes sa kanilang lahat except kay Keifer na naghihikab pa, kay Yuri na nakangiti sakin at kay Josh na parang walang pakialam.

"**Okay lang! Basta dun nalang tayo!**" Excited na sabi ni Ci-N.

"**Mamaya na natin pag-usapan yan!**" Sabi ni Eman at tumingin sakin. "**...tulungan mo na ko dito.**"

Agad naman akong lumapit sa kanya para tulungan sya sa pagluluto ng almusal. Dalawang pack ng hotdog, limang pack ng bacon at isang dosenang itlog ang hinanda nya. Nagsangag din sya ng kanin na natira sa pagkain kagabi.

Busy naman sa pagkakape yung iba habang naghihintay. Feeling ko hindi na aabot yung mga dala naming pagkain sa dami namin at sa lakas na ring lumamon.

Lamon talaga!

Pagkatapos magluto pinakain na namin ang mga luko. Halata'ng excited ang bata'ng kumag sa swiming. Umaarte pa kasi ang kamay nya na parang lumalangoy.

Sige lang. Langoy pa!

Hindi nga lang ako sigurado kung andun pa rin yung daanan na lagi naming ginagamit. Nadevelop na kasi yung lugar kaya baka nawala na.

Pagkatapos kumain kanya-kanya sila ng takbo sa C.R. Sure kasing marami silang kasabay at mag-aagawan pa sila. Ako, eto petiks. Kaunting antay lang kasi makakapaligo na ko.

Hindi naman ako nabigo dahil pagdating dun kaunti lang ang nakasabay ko sa banyo. Habang inaayos yung dala kong damit at twalya meron akong bigla'ng naisip.

Yung sinasabi ni Ella.

Anu kaya'ng truth yun? Tungkol kaya saan yun? Nangungulit yung mga bulate ko sa utak na alamin yung sinasabi ni Ella na yun.

Anu ba kasi yun? At kelan naman sila nakapag-usap? Sa pagkakaalam ko, hindi na lumalapit si Ella kila Keifer at Yuri maliban nalang kagabi----*shit! Oo nga!*

Nung kinuha ni Yuri si Snorlax. Meron sinabi si Ella at parang nagnod naman si Yuri. Hindi kaya ayun yon? Segway!

Anu ba yan! Hindi ako mapakali sa lintik na *truth* na yan! Kapag eto walang saysay, sasabunutan ko yang Ella na yan. Kasihodang magaway kami ni Aries.

Tinuloy ko na ang paliligo. Dumarami na kasi yung tao'ng naririnig kong pumapasok sa C.R. Mabilis naman akong natapos kaya agad din akong umalis.

Pagbalik sa site, kaunti pa lang sila. Wala pa yung iba at mukang matatagalan pa.

"**Mag-ayos ka na Jay! Mauna na tayo don!**" Sabi ni Eman.

Nag-nod ako sa kanya at dumiretso na sa tent ko. Binaba ko na yung dala ko at nag-ayos. Pagkatapos, lumapit na ko kay Eman at Edrix na naghihintay sakin.

"**Panu yung iba?**" Tanung ko habang naglalakad.

"**Susunod yung mga yon. Sa dulo naman upuan natin kaya makikita din nila tayo agad.**" Sabi ni Eman.

Nagtuloy kami sa paglalakad at nakarating na kami sa hall. Totoo yung sinabi ni Eman na nasa dulo nga ang pwesto namin.

Ang laki ng sign na '*SECTION E!*' sa katapat na linya ng bangko kaya hindi talaga kami maliligaw. Pag-upo namin, dumating naman sila Josh at Mayo kasunod si Ci-N na agad tumabi sakin.

Maya-maya pa ay dumating na yung iba. Kumpleto na kami at nakaharap sa stage kung saan nakatayo yung isa sa organizer.

"**Good morning everyone!**" Bati nya.

"**Good morning!**" Sagot naman ng lahat.

Ngumiti sya at tumingin saming lahat. "**We would like to start na program with prayers. So please, everyone! Stand up.**"

Agad naman kaming nagtayuan. Nagsimulang magdasal ang isa sa mga kabatch namin sa harap ng mic. Pagkatapos nun ay muli kaming naupo at nakinig sa sasabihin ng organizer.

"**Thank you so much for… *Blah blah blah.…***"

Sa hindi ko maintindihan na dahilan nakaramdam ako ng antok habang nakikinig sa sinasabi ng organizer. Panay ang hikab ko at punas ng mata dahil sa pagluluha nito.

Sandali kong sinandal ang ulo ko sa balikat ni Ci-N. Hindi naman sya pumalag at hinayaan lang ako. Unti-unti ay bumabagsak ang talukap ng mata ko. Sobrang nakaka-antok kasi.

Hindi ko namalayan nakatulog na pala ako. Hanggang panaginip ay may naririnig pa rin ako. Parang mga bubuyog na nasa loob ng bote.

"**Jay…**" Tawag sakin ng kung sino.

Hindi ako sumagot. Hindi kasi ako sigurado kung nanaginip pa rin ako. Nawala yung tumatawag at bigla nalang akong nakarinig ng palakpak.

Hala! Tapos na!

May nagpapalakpakan na kaya ibig sabihin tapos na. Agad akong dumilat at nakipalakpak. Yun nga lang pagdilat ko hindi nagpapalakpakan ang nakita ko.

Hininto ko ang palakpak at tinignan ang paligid. Nagtatayuan na yung mga kabatch namin. Tinignan ko si Ci-N nasa tabi ko at panay ang hagikgik nya.

"**Nice! Jay!**" Sabi ni Drew habang tumatawa.

Pakshet!

Napagtripan na naman ako! Bwisit yan! Muka akong tanga na pumapalakpak mag-isa. Tinignan ko silang lahat ng masama.

"**Sarap ng tulog ah? Mukang napuyat.**" Panunukso ni Felix at agad silang tumingin sa katabi ko.

"**Pinagod mo ata kagabi.**" Pang-aasar ni Eren kay Ci-N.

Mga gago! Animal!

"**Napagod nga.**" Walang malisya'ng sagot ni Ci at agad silang tumahimik.

Tumingin sila sakin at pagkatapos ay kay Keifer. Kahit hindi sila magsalita alam kong ibig nilang sabihin. Ang dudumi ng mga utak nila! Tumingin din ako sa Hari at salubong na ang kilay nito at halata ding handa ng manapak ng tao.

"**...haba kaya ng kwentuhan namin. Tapos kung anu-anu pa pinag-usapan namin.**" Duktong ni Ci-N at parang nakahinga naman ng maluwag ang mga Ulupong.

Green minded kasi!

"**Akala namin kung anu na ginawa mo.**" Natatawang sabi ni Blaster.

"**Enough. Let's eat.**" Sabi ni Keifer at agad na tumayo.

Sumunod naman sa kanya yung iba. Merong mahabang pila sa harapan kung nasan ang pagkain.

"**Lunch na pala?**" Tanung ko kay Ci-N.

Nag-nod naman sya. "**Himbing ng tulog mo. Nahiya na kami gisingin ka.**"

Wew.

Pumila na rin kami para pananghalian. Buti nalang at mukang

maraming nakahandang pagkain para saming lahat.

Hindi kagaya kahapon na tira-tira nalang yung natira para samin. Inabutan ako ng tray ni Ci. Merong kurba-kurba yung tray kasi dun na mismo ilalagay yung pagkain.

Pagkatapos manguha ng pagkain, dumiretso na kami sa pwesto namin kanina pero kung mamalasin nga naman, may bumungo sakin at muntik pang matapon yung pagkain ko.

"**Sayang, hindi natapon.**" Dinig kong bulong nung bumunggo sakin.

Tinignan ko sya ng masama at lalu akong nanggalaiti sa inis ng makita ko kung sino sya.

"**Freya... Wag kang gumawa ng eksena.**" Pagbabawal ni Mica nasa likod lang ni Freya kasama ng mga kaklase nya.

"**Shut it Mica!**" Sigaw sa kanya nito at muli akong hinarap. "**...so, anu tong nabalitaan ko? Kayo na daw ni...**" Tumingin sya kay Keifer na nakatayo sa hindi kalayuan samin. "**...what a great choice!**"

Eksena na naman! Badtrip!

"**Ayoko ng gulo Freya.**" Mahinahon kong sabi pero may diin pa rin.

"**Oh really?!**" Sarkastikong tanung nya. "**...panu ba yan? Gulo ang gusto ko.**"

"**Freya! Please...**" Pakiusap ni Mica.

Hindi sya pinansin ni Freya. Nakita ko si Ella na nasa tabi din ni Mica. Nakangiti sya na may halong pang-aasar. Bumalik ang tingin ko kay Freya at bigla nalang akong kinutuban.

Sinasadya ba nila to?

"**Freya.**"

"**Feeling mo naman ang ganda-ganda mo na.**" Maarteng sabi nya sakin habang tinitignan ako mula ulo hangang paa.

"**Tumigil kana Freya!**" Sita ni Yuri kaya sa kanya lumipat ang matalim na tingin nito.

"**Shut up! Don't you dare interupt me when i'm talking!**" Galit na sabi ni Freya.

Hindi na sumagot si Yuri. Napatingin ako sa kanya at aaminin ko na nabigla ako na hindi na sya lumaban pa.

"**Akala mo ba wala akong alam sa inyo?!**" Nagpabalik-balik ang tingin nya sakin at kay Yuri.

Shit!

Bakit pati yun alam nya? Tignan ko si Ella na naka-cross arm pa. Sinabi nya ba?

Natatakot ako na baka ipag-sigawan na yun. Napakarami pa namang tao ang nakatingin samin.

Sinubukan kong lumakad paalis pero malakas talaga ang topak nitong Freya. Hinawakan nya ko sa braso dahilan para malaglag ng tuluyan yung Tray na hawak ko.

Yung pagkain ko!

Tinabig ko yung kamay nya at agad syang tinignan ng masama. "**Anu bang problema mo?!**"

"**Ikaw! Dahil napakalandi mo!**"

"**Hiya'ng hiya naman ako sayo!**"

"**Ha!**" Sinabayan nya yung tingin ko.

"**Pwedeng tumigil kana Freya!**" Inis na sabi ni Felix.

Tinignan sya ni Freya. "**Bakit ganyan ka makipag-usap sakin? Your brother won't like it.**"

Brother?! Si P-percy ba yung tinutukoy nya?

Bakit nasama si Percy dito? Anung meron? Alam din ba nyang buhay si Percy?

"**Matagal ng wala si Percy! Matagal na kayong wala!**" Sagot ni Felix.

Matagal ng wala?!

'*...namatay yung boyfriend ni Freya at pinagpasa-pasahan na sya nila Keifer, Yuri at Aries.*' ---Kiko Evans (Chapter 135, Unexpected Visitor)

PUTAN'NA! SI PERCY YUN! Si Percy yung namatay na boyfriend ni Freya. Pakshit! Tumalon yung bulate ko sa utak sa pagkabigla.

"**S-si Percy?**" Pabulong ko tanung pero mukang narinig yun ni Freya.

"**So you know him too?**" Inis na tanung nya. "**...Let me guess, sinabi ng mga *kaibigan* mo?**" May diin yung salitang kaibigan nya.

Si Percy nga. Pero anung nangyari? Bakit napunta sya kay Keifer at Yuri? Alam din nila yun kaya panu nangyari yun? Sinadya ba nilang gawin yun? Naguguluhan ako.

Tinignan ko si Yuri at Keifer pareho silang umiwas ng tingin at halata'ng ayaw ma-question tungkol don.

"**Sinabi din ba sayo ng mga *kaibigan* mo yung ginawa nila sakin?**" Inis na tanung ni Freya at tumingin ng masama sa dalawa.

Ginawa?

"**Tama na Freya.**" Sabi ko pero halata'ng ayaw nya'ng magpa-awat.

"**Bakit? Ayaw mo'ng marinig ng iba?!**"

"**Anu bang gusto mo?!**"

Nag-uumpisa ng magkuyom ang kamao ko. Kapag hindi tumigil ang

isa'ng to baka masapak ko sya.

Nag-cross arm sya at diretso akong tinignan. "**Gusto kong makita ang magiging reaksyon mo kapag nalaman mo kung anung ginawa ng dalawang yan sakin.**"

Kahit gusto kong malaman parang hindi ko kaya. Sumisikip ang dibdib ko at malaki'ng bahagi ng pag-iisip ko ang nagsasabi na wag ko ng alamin pa.

"**Students! Anung nangyayari dito?!**" Sigaw ng guidance counsilor namin.

Hindi inalis ni Freya ang tingin nya sakin pero nag-alisan yung ibang mga istudyante. Mukang natatakot na madamay sa nangyayari'ng gulo.

"**Ms. Hidalgo and Ms. Mariano.**" Tawag samin ni Sir Alvin. "**...Anung nangyayari?**"

Ngumiti si Freya at nag-lakad paalis. Kasunod naman nya ang mga kaklase. Tinginan ako ni Mica na parang humihingi ng tawad.

"**Section E. Bumalik na kayo sa camp site nyo.**" Utos ni Sir samin.

Wala kaming nagawa kundi ang sumunod. Ang masama nito hindi pa kami kumakain. Pagbalik, agad kong hinarap si Yuri at Keifer. Wala na kong paki kahit tignan kami ng nga Ulupong.

"**Anu yung sinasabi ni Freya?**" Tanung ko na may bakas na inis.

Pinipilit kong huminahon pero naghahalo-halo na yung nararamdaman ko. Hindi lang naman ako ang gustong maliwanagan sa sinasabi ni Freya. Dahil kahit si Edrix alam kong nakikinig din.

"**We're all tired and hungry. Can we talk about it later.**" Utos ni Keifer.

Mas lalo akong nainis. Alam ko'ng umiiwas lang sya. Ganyan din ang sasabihin nya mamaya.

"**Bakit ba hindi pa ngayon?!**" Hindi ko na napigilan yung inis ko.

"**Jay... Please.**" Paki-usap ni Yuri.

"**Anu bang problema?!**"

"**Because that is a mistake!**" Sigaw ni Keifer dahilan para matigilan ako at ang iba pa. "**...Pagkakamali lang namin yun nuon! Why do you need to know about it?! Hindi naman na maitatama yun!**"

Yeah! Right!

Bakit pa nga ba ko nagtatanung? Bakit pa nga ba ako nakiki-alam? Mapait akong tumawa at umiling sa harap nila. Walang saysay nga naman kung nagtatanung pa ko. Tumalikod ako at lumakad paalis.

"**Saan ka pupunta?**" Nag-aalalang tanung ni Yuri.

"**Ewan ko... Basta malayo sa inyo.**"

"**Jay...**" Tawag sakin ni Ci. "**...k-kala ko ba m-magswiming tayo.**"

Alam kong iniiba lang ni Ci ang usapan. Baka lalu nga lang talaga kaming magka-initan.

"**Titignan ko kung andun pa yung kaparehong daanan na ginagamit namin.**" Sabi ko at nagpilit ng ngiti.

Hinayaan nila kong umalis. Pabalik sa hall ang daanan pero hindi dun ang punta ko. Sa likod kasi ng hall merong pala-isdaan. Kaunti'ng lakad lang ay mararating na yun.

Hindi naman ako nabigo dahil kita ko na agad ang tubig nito. Mukang pati yun ay nadevelop na rin. Merong malaking gazibo sa gitna na nagmumukang isla. Para marating yun at merong mahabang tulay.

Sandali ko lang tinignan yun at tumuloy ako sa paglalakad sa gilid ng palaisdaan. Nakita ko na yung hinahanap ko. Sa magubat na parte ako pumunta kayalang, agad na bumungad sakin ang bobwire at malaking sign ng *Keep Out.*

Pfftttt...

Pero hindi ako mapipigilan nyan. Sinilip ko yung kabilang bahagi. Tanaw ko dun yung pathway na dinadaanan namin.

Napangiti ako dahil andun pa yung daan. Makakapunta kami sa maliit na falls. Naglakad na ko pabalik para ayain sila pero natigilan ako ng may nakita akong tao sa may tulay.

Umiiyak sya pero kita'ng kita yung galit sa itsura nya. Hindi ko akalaing makikita ko syang umiiyak.

Freya.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Chapter 176

Author's Note: sa sobrang tamad ko, pati magre-read hindi ko na ginwa. Hehehe 😂😂

Thanks po kay Joana Gabiota sa cover. Lnmdsn

Freya Hidalgo

Jay-jay's POV

Gusto ko syang tanungin. Gusto ko linawin nya yung sinasabi nya kanina. Gusto'ng gusto kong gawin yun.

Pero alam kong hindi ito ang tamang oras para dun. Sandali ko pa sya'ng pinanood. Hindi dahil natutuwa akong makita sya'ng umiiyak. Kundi dahil nakikita ko ang ibang katauhan ni Freya.

Yung talaga'ng sya.

Lalakad na sana ako paalis dahil alam kong hindi maganda yung ginagawa ko pero naunahan ako ni Freya dahilan para makita nya ko.

Putik!

Tinignan nya ko ng masama at parang hinihintay nya ang idadahilan ko. Hindi ako kakapag-salita at parang umurong ang dila ko.

"**What do you want?**" Seryosong tanung nya.

Halata'ng ayaw na nyang makipag-talo at ganun din ako. Hindi pa rin ako makapag-salita.

"**Kung nandito ka dahil sa nangyari kanina, umalis kana lang! Wala na ko sa mood makipagtalo!**" Sabi nya at akmang aalis din.

"**Freya.**" Tawag ko sa kanya dahilan para matigilan sya.

Sa wakas! Nakapagsalita din!

"**What?!**" Inis nyang tanung.

Tsk! Kainis! Nakakahiya man pero gusto ko na ring malaman. Andito naman na ko, edi linawin na din.

"**Y-yung sinabi mo kanina. Hindi ko kasi... maintindihan.**" Halos pabulong kong sabi.

Bahagya syang tumawa. "**Akala ko ba sinabi na sayo ng mga *kaibigan* mo.**"

Bahagya akong umiling. Tinitigan ako ni Freya mula ulo hanggang paa.

"**Sabagay, mas magtataka pa ko kung sinabi nga talaga nila sayo.**" Sabi nya at bahagya'ng ngumiti ng nakaka-asar.

*Bumalik na naman sya sa B*tch na Freya!*

"**Anu yung----**"

"**Yuri and Keifer is my *Ex*.**" Putol nya sa sasabihin ko at may diin pa yung salitang '*ex*'.

Sinabi na sakin ni Kiko yan. Hindi muna ako nagsalita para hintayin

ang susunod nya'ng sasabihin.

"Pagka-matay ni Percy, si Yuri ang unang lumapit sakin. Inalalayan nya ko, showing that he's there for me anytime..." Sabi nya at namumuo na naman ang mga luha sa mata nya. **"...but that asshole did is unforgivable!"**

Tuloy-tuloy na bumagsak ang luha nya pero hindi nya yun ininda. Mas gusto nya'ng iparamdam o ipakita sakin yung sakit na nararamdaman nya.

"He make me fall for him and take what he wanted like every guy wants! At ng makuha nya ang gusto nya?! IBINASURA NYA KO!"

Imposible! H-hindi ganun si Yuri. Ayaw mag-sink sa utak ko lahat ng sinasabi nya. Gusto ko maniwala na nagsisinungaling sya pero hindi ko kaya.

Dahil totoo...

Pumikit sya na para bang napaka-sakit ng salita'ng binitawan nya. **"Iniwanan niya ako."** Halos pabulong nya'ng sabi.

Gusto kong lapitan si Freya at yakapin. Gusto kong iparamdam sa kanya na handa akong makinig. Pero sino ba ko? Napaka-hipokrito ko naman yata kung gagawin ko yun. Tsaka isa pa, sya si Freya Hidalgo mas matibay pa sya sakin.

Pinunasan nya ang luha nya at huminga ng malalim. **"And then Keifer show up. Taking the spotlight."** Umiling sya ng bahagya. **"...akala ko dapat akong magpasalamat sa kanya nung una, but i was wrong."**

Bumalik ang tingin nya sakin. Muntik pa kong mapa-atras dahil sa tingin na yun.

"It's too good to be true. He's the ideal boyfriend that every girl wants. Treating me like a queen kahit kaunti lang ang nakakaalam na may relasyon kami." Nagbabadya na naman ang mga luha nya sa mga mata. **"...but it all change ng ma-realize nya na si Yuri pa rin. Nagpalamon sa selos ang walanghiya!**

Dumating pa sa punto na pinagbuhatan nya ko ng kamay!"

Tang'na!

Eto naba yung sinasabi ni Rakki? Kaya ngang manakit ni Keifer ng babae? Pero bakit? Naguguluhan ako!

"What worse? Pinaghigpitan nya ko! Para akong bilanggo!" Huminga sya ng malalim para pigilin ang luha nya. **"*...Don't talk to this guy! Don't go there! Don't go here! Don't get out of your house without my permission! Never ever try to disobey me!*"** Pang-gagaya nya sa sinasabi ni Keifer.

Sinuklay nya ng kamay ang buhok at tumingin sa malayo. Panay din ang hinga nya ng malalim.

"Hatid sundo sa bahay at school. People think that it was sweet. Ha!" Umiling-iling sya. **"...it was a torture! Ginagawa nya yun para masiguro na hindi ako pupunta sa kung saan."**

Sandali sya'ng tumahimik. Mukang ayaw na nya'ng magkwento kaya kahit nahihiya ako nagtanung na rin ako. Gusto kong malinawan sa nangyayari.

"A-anung g-ginawa mo?"

Ngumiti sya sakin na para bang nagyayabang. **"I go out with other guys. Hanggang sa magsawa na sya at humiwalay."**

He slept with other guys? Hindi lang isa? Marami pa! Anu to?!

"...Then people start calling me slut, bitch and whore. Ha! If they knew----if you knew!" Sabi nya sabay turo sakin. **"...huhusgahan mo pa rin kaya ako?"**

Napayuko ako. Kung alam ko nga lang sana. Baka naging kaibigan ko po sya. Baka nga sinubukan ko pa syang kausapin non. Baka nga intindihan ko nalang ang kamalditahan nya.

"I'm pathetic right?" Kusa nalang bumagsak ang mga luha nya.

Lalakad na sana ako palapit sa kanya pero hinarang nya ang kamay

nya.

"**Don't! Hindi ko kailangan ng kaplastikan mo.**" Sabi nya at agad na naglakad paalis.

Nabunggo pa nya ko pero hindi man lang sya lumingon. Hindi ko alam ang dapat kong sabihin. Gusto kong sisihin si Yuri at Keifer, pero para saan?

Si Yuri. Minahal nya si Yuri pero kinuha lang nito ang gusto nya at iniwanan na sya. Si Keifer. Nakakasal na karelasyon at kaya nya'ng manakit.

Imposible!

"**Jay-jay!!**" Tawag sakin ng kung sino.

Nilingon ko yun at nakita ko sila Ci-N, David at Felix na palapit sakin. Inayos ko ang sarili ko at pinilit kong ngumiti. Ayokong ipahalata sa kanila na may problema.

"**Akala namin kung saan kana nagpunta.**" Sabi ni Ci paglapit sakin.

"**H-hindi naman ako lumayo.**"

"**Nakita mo na?**" Tanung ni Felix.

Taka ko syang tinignan. "**Ha?**"

"**Yung maliit na falls at ilog. Akala namin titignan mo yung daanan?**"

Tsk! Bungol!

"**Ahh... O-oo. N-nakita ko na. Pupunta naba tayo?**"

Napatingin ako kay David. Kakaiba kasi yung tingin nya sakin at parang nagsasabi ng '*may iba sayo*'.

"**Sige. Wala naman na tayo gagawin.**" Excited na aya na ni Ci.

"**Sunduin ko lang yung iba.**" Sabi ni Felix at agad na naglakad

paalis.

Naiwan kaming tatlo. Nakita ni Ci-N yung Gazibo at agad na nagtatakbo palapit dun. Nakatingin lang kami sa kanya habang sinisilip ang bawat kanto at poste.

"**Nakasalubong namin si Freya. May pinag-usapan ba kayong dalawa?**" Tanung ni David.

Sinadya kong hindi sya tignan dahil malakas ang pakiramdam kong mahuhuli nya ko.

"**Yung sagutan lang namin kanina.**"

Hindi na sya nagtanung pa. Ganyan naman sya, hindi nya ugaling mangulit o makialam. Pero hangang ngayon, pala-isipan pa rin sakin kung panu sila nagkakilala ni Percy.

Patakbong bumalik si Ci-N samin. Nakangiti pa sya at halata'ng excited.

"**Malayo ba dito yun? Yung falls?**" Tanung nya.

"**Medyo.**"

"**Egzoyted na ku!**" Sabi nya at umakmang lumalangoy.

Laglag mo sa pala-isdaan!

"**Andito na sila.**" Sabi ni David.

Tignan ko naman ang mga luko. Halata'ng excited din. Nasa harap ko na silang lahat ng may mapansin ako.

Wala yung Hari at si Yuri. Tinignan ko yung pinang-galingan nila at baka nahuli lang sila.

"**Nagpaiwan na si Josh, Keifer at Yuri.**" Sabi ni Felix.
"**...kailangan daw kasi ng magbabantay sa pwesto natin.**"

Nag-nod nalang ako. Magbabantay? Baka kamo ayaw matanungan. Iba din magpalusot yung mga yun. Ewan ko naman sa trip ni Josh.

"**Tara na! Tara na!**" Aya ni---yung *egzoyted* sa lahat!

Ako unang naglakad sa kanila dahil ako yung nakaka-alam ng daan. Sa masukal na parte sa gilid ng pala-isdaan kami dumaan. Kagaya ng nakita ko kanina, andun yung malaking sign ng *Keep Out.*

"**Tatawid tayo dito.**" Sabi ko habang pilit sumusuot sa pagitan ng mga wire.

"**Dahan-dahan.**" Sabi ni David at inalalayan ako.

Pagdating sa kabila, sila naman ang hinintay ko makatawid. Siniguro ko na kompleto kami bago bumalik sa paglalakad. Sinundan lang namin yung pathway---yung parte na walang halaman dahil laging dinadaanan.

Nung sinabi kong masukal, expected ko yung matataas na damo lang pero higit pa dun ang sumalubong samin. Madulas yung daan at maraming nagkalat na bagsak na sanga.

"**Tama ba tong dinadaanan natin?**" Tanung ni Calix.

Hindi!

Pero hindi ko pwedeng sabihin sa kanila yun. Baka magalit sila sakin, ako pa naman ang malakas ang loob na nag-aya.

"**O-oo… Tama to.**"

Tuloy-tuloy pa rin kami sa paglalakad. Kinakabahan na ko dahil pakiramdam ko mali na tong tinatahak namin.

Lagot ka Jay!

Ang mas kinatakot ko pa, baka makasalubong kami ng Ahas. Panibagong bestfriend ko na naman!

Nawala lang ang pangamba ko ng marinig ko ang pagaspas ng tubig. Mas lalo pang lumalakas yun sa bawat paglakad namin.

At ganun nalang ang pagkamangha nila ng makita ang maliit na falls. Malinaw ang tubig, kumikinang yun sa bawat bagsak at agos.

"**Liguan na!**" Sigaw ni Ci-N at agad na nagtatakbo palapit sa malaking bato na malapit samin.

Sumunod naman ang mga kapwa nya Ulupong. Agad na naghubad ang pang-itaas ang mga luko except kay Ci-N. Boxer nalang kasi ang natitira sa suot nya. Nasampal ko nalang ang noo ko dahil sa itsura nya.

"**Langya! Mukang hindi lang height ang maliit sayo ah?**" Pang-aasar ni Eren kay Ci.

Agad naman kaming nagtawanan at mas lumakas pa yun ng takman ni Ci ang ibabang parte nya.

"**Lalaki din yan! Galitin mo!**" Nakatawang sigaw ni Felix.

"**Hoy!**" Sita ko sa kanya.

Nakalimutan yata nyang may babae silang kasama. Agad namang syang nag-peace sign at umalis.

Naglakad ako palapit sa malaking batong pinag-lagyan nila ng mga damit. Naupo ako don at pinagmasdan sila. Parang mga bata na walang paglagyan ng kaligayahan ang mga luko.

"**Jay! Tara na!**" Aya nila sakin.

Nag-nod lang ako sa kanila. Ang totoo, hindi ko siguro kung gusto ko pang magsaya kabila ng mga narinig ko kanina.

"**Ayaw mo bang makisaya sa kanila.**"

Napalingon ako sa nagsalita. Nakatayo si David sa tabi ng bato at nakapamulsa. Nakangiti din syang pinapanood ang mga luko.

"**Mamaya nalang siguro.**" Sagot ko.

"**Ikaw bahala.**" Sabi nya at hinubad ang pang-itaas na damit.

Bakit bigla ata'ng uminit?

Agad syang lumapit sa iba at nakilangoy-langoy na din. Sumakay

naman si Ci sa likod nya at muntik pa silang madulas.

Wag lang talaga kami mahuhuli ng organizer lagot kami. Bahala na si Batman samin. Pwede rin naman si Superman kayalang busy sa paglangoy kasama ng mga kapwa nya Ulupong.

Napansin kong nagtatakbuhan na sila palapit sakin. Bago pa ko maka-alis mula sa kinauupuan ko nakapaligid na sila sakin.

"**B-bakit?**" Kinakabahan kong tanung.

T-teka lang!

Parang alam ko na yung balak nila. Agad akong hinawakan ni Felix at Rory sa pupulsuhan. Hinatak nila ko hangang sa makarating kami sa hanggang bewang na tubig na parte ng ilog.

Huminto sila at pumaligid sakin. Binitiwan din nila ako.

"**Umpisahan na ang binyagan!**" Sigaw ni Ci-N at sabay-sabay nila kong sinabuyan ng tubig.

Putik naman!

Natakpan ko nalang ang muka ko. Wala akong takas dahil nakapaligid sila sakin at malakas ang tawanan. *Pisti!* Hindi ko na kailangan pang lumusong. Basang-basa na ko!

Isa-isa silang tumigil ng makaramdam ng pagod. Kinuha ko yung pagkakataon para maghabol ng hangin. Pakiramdam ko nalunod ako sa ginawa nila.

"**Hanep! Balak nyo na ba kong patayin?**" Tanung ko sa kanila.

Nagtawanan lang naman sila. *Mga animal!*

"**Wag kana mahiya! Maghubad ka na!**" Pang-aasar ni Ci pero agad syang nakakuha ng malakas na batok galing kay David.

"**Sira ka talaga!**"

"**Bakit? Okay lang naman sakin yun. Nakita ko naman na syang**

nakahubad." Paliwanag nya habang hinihimas ang batok.

Nanlaki ang mata ko sa sinabi nya. Kahit yung iba nagulat din. Seryoso? Nakita na nga nya ko?

"**Isusumbong ka namin kay Keifer.**" Banta ni Edrix.

"**Seryoso ka dyan?**" Tanung ko kay Ci.

Inosente naman syang nag-nod. "**Nakita ko yung likod mong nakahubad.**"

"*Ay naku!*"

"*Sira talaga!*"

"*Malala na to!*"

Kahit ako napailing nalang sa mga lumalabas sa bibig nya. Saksakan sya ng gulo!

"**Kita ko pa nga yung malaking balat mo sa likod.**" Dagdag nya pa habang nakaturo sakin.

Napahawak ako sa likod ng hindi ko namamalayan. May balat ako? Malaki? Pero ang alam ko, wala ako nun.

"**Likod ko ba talaga yung sinasabi mo?**" Tanung sa kanya.
"**...wala naman akong balat.**"

"**Meron.**" Pagpipilit nya.

Tinignan ko si Felix na syang pinaka-malapit sakin.

"**Pakitignan mo nga.**" Utos ko at lumapit naman sya.

Bahagya kong tinaas ang damit ko sa likod. Sapat para makita nya yung sinasabi ni Ci. Pati yung iba sumilip na rin at tinignan.

"**Meron nga.**" Sabi ni Felix.

"**Balat ba yan? Bakit parang may hugis?**" Tanung ni Edrix.

"**Tange! Peklat yata yan.**" Kontra ni Eren.

"**Balat! Malabo oh! Tsaka kung peklat dapat makinis na dry.**" Singit ko Calix.

"**Bakit may hugis?**" Tanung ni Eman.

Hugis?

"**Hugis ilalim ng plantsa.**" Sabi ni David.

Para akong binuhusan ng malamig na tubig. Mas malamig pa sa tubig ng ilog. Binaba ko yung damit ko at napahawak ng mahigpit sa dulo nito.

Mukang nabigla sila sa ginawa ko. Agad silang humarap sakin at taka akong tinignan.

"**Jay?**" Tawag sakin ni Ci.

Napayuko ako at napakagat sa ibabang labi ko.

"**H-hindi balat y-yun Ci.**" Halos pabulong kong sabi. "**...p-peklat.**"

Kahit hindi sila magsalita ramdam ko ang pag-aalala nila. Gusto nilang magtanung, alam ko yun. Pero wala naman akong maisasagot sa kanila. Kahit kasi ako hindi ko alam kung saan ko nakuha yun.

Isa yan sa mga ipinagamot nila Lola yung nagising ako sa ospital. Kapag tinatanung ko sila, hindi naman sila sumasagot. Akala ko dati nawala ng tuluyan yung marka. Lagi kaming pumupunta sa doctor para ipatanggal yung peklat pero mukang ayaw talaga nya mawala.

"**A-ahh... A-ang sosyal naman ng peklat mo. May h-hubog pa.**" Pilit nyang sagot kahit bakas ang pagkailang.

Pilit ko nalang din tumawa kahit sa totoo lang napaka-awkward nito. Alam ko din na hindi yun ang gusto nya'ng sabihin.

"**...Tamad ka siguro'ng maghilod kaya hindi natanggal.**" Dagdag

nya dahilan para magtawanan ang mga luko.

Bata'ng kumag!

Merong bang peklat na natatanggal sa paghihilod? Sira-ulo talaga! Pero alam kong sinasabi lang nya yun para mabawasan ang pagka-ilang namin.

"**Kaya dapat paliguan ulit si Jay-jay!**" Sigaw ni Felix at agad akong sinabuyan ng tubig.

Nakisama naman ang mga wala'ng hiya. Halos malunod ako sa ginagawa nila. Sinubukan ko ring gumanti pero nauuwi lang yun sa wala dahil sa lakas ng saboy nila.

Matagal din kaming nagbabad. Kung hindi lang siguro kami nakaramdam ng gutom hindi pa rin kami titigil. Basa ang buong katawan at damit ko. Samantalang pang-ibaba lang ang sakanila. Kay Ci-N medyo-medyo lang dahil nagboxer sya kanina.

Dala ng pagod parang ang tagal bago kami nakarating sa pala-isdaan. Ang bigat din ng katawan ko.

"**Sulit naman ang swimming nyo?**" **T**anung ko sa kanila.

"**Bitin!**" Sabi ni Ci.

"**Ikaw lang ata ang nabitin!**" Pang-aasar ni Felix sa kanya.

Nagpatuloy sila sa pagkukulitan na para bang hindi sila nauubusan ng lakas. Malapit na kami sa hall ng mapahinto ako.

Taka akong napatingin sa kausap ni Sir Alvin. Nang mapansin ako ng mga Ulupong, tinignan din nila ang tinitignan ko.

"**Bakit andito yung pinsan mo?**"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ + +

Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 177

Author's Note: hindi na uso edit-edit. Haha joke! Natamad lang tlaga akong magr-read.

Thank you po kay Grishel Rae Murasame sa cover. ZelkyieAnn

Keifer's side

Jay-jay's POV

"**Where have you been?**" Tanung ni Kuya Angelo habang tinitignan ako mula ulo hanggang paa.

Basang-basa ang damit ko kaya naman obvious na nagswimming o

nagbasa kami. Pati mga kasama ko tinignan din nya.

"**N-nag-swiming----**"

"**Saan?**" Putol nya sa sasabihin ko.

Alam nga pala ni Kuya na may maliit na falls malapit dito. Dun nya ko sinusundo dati kapag pinapa-uwi na nya ko.

"**Sa pala-isdaan.**" Sagot ni Ci dahilan para tumingin kaming lahat sa kanya.

"**Excuse me? Sa pala-isdaan?**" Paglilinaw ni Sir Alvin.

Wala kami sa sarili na nag-nod sa kanya. Kesa naman sabihin namin sa maliit na falls at ilog kami naligo, baka malintikan kami.

"**Do you know how dirty is the water on that fish pond?!**" May halong inis sa boses ni Kuya.

"**Mainit kasi... Wala naman kaming pupuntahan, edi dun nalang.**" Sagot ni David.

"**Clean yourselves now!**" Utos ni Kuya at dali-dali kaming tumakbo pabalik sa site namin para kumuha ng damit.

"**Bakit nagmamadali kayo?**" Tanung ni Yuri habang sinusubukang siliban ang mga inipong sanga.

"**Andyan yung Kuya ni Jay-jay na masungit!**" Sabi ni Ci-N.

Nagtinginan si Yuri at Keifer sandali bago ako tignan. Hindi na ko nagsalita. Kinuha ko nalang ang kailangan ko at tumakbo papunta sa C.R.

Dahil wala naman masyado tayo, hindi na ko naghintay o pumila pa para sa shower. Mabilis akong naligo at nagbihis. Baka kasi topakin na si Kuya at bigla nalang akong kagalitan.

Patakbo din akong bumalik sa Camp site namin para ibaba yung gamit ko.

"**Bakit ba tarantang-taranta ka dyan?**" Tanung sakin ni Felix.

Napatigil naman ako. "**Feeling ko kasi may nangyari. Hindi naman pupunta dito si Kuya kung wala.**"

Malaking bahagi ko ang nagsasabi sakin nun. Pwede naman nya ko tawagan sa cellphone. Kayalang mahirap ang signal dito.

"**Think positive Jay. Baka kinakamusta lang kayo ng Kuya mo.**" Sabi ni David.

Pero hindi nakatulong yun sa nararamdaman ko. Iba talaga yung pakiramdam ko.

"**Sige na... Puntahan mo na si Kuya mo.**" Sabi ni Yuri at ngumiti sakin.

Sinuklian ko yung ngiti na yun. Lumakad na ko pabalik ng Hall kung saan ko iniwan si Kuya Angelo kausap si Sir Alvin.

Andun pa rin sila at sa pagkakataon na to kasama na nila si Aries. Agad nya kong tinignan ng masama pagkakita sakin.

Maduling ka sana!

May binulong si Kuya Angelo kay Sir. Nag-nod naman ito at lumakad paalis. Ngumiti din sya pagtapat sakin.

Nang mawala na sya sa paningin namin, dun lang ako nakalapit ng husto kila Kuya Angelo.

"**B-bakit ka andito?**" Kinakabahan kong tanung.

Nag-cross arm si Kuya at pailalim akong tinignan.

"**Tumawag sakin ang parents ni Cyrus.**" Sabi nya.

Patay!

"**...He was brought to the hospital along with his friends.**"

Umiwas ako ng tingin. Sabi na nga ba! Hindi pupunta dito si Kuya kung walang nangyari. Tsk! Asar naman!

"**May kinalaman ka ba don?**" Diretsong tanung ni Kuya.

Nagsisimula na namang tumaas ang boses nya. Parang nakikisigaw din ang puso ko sa lakas ng tibok nito.

"**K-kasi...**"

"**Damn it!**" Sigaw ni Kuya dahilan para manginig ako sa takot. "**...What the hell happen?!**"

Ayaw makisama ng dila at bibig ko. Para bang pati sila natakot na din kay Kuya. Gusto kong ipaliwanag lahat-lahat pero hindi ko magawa.

"**Inatake ka na naman ba ng pagiging baliw mo?**" Sarkastikong tanung ni Aries.

Baliw?

Sinasabi ba nya'ng baliw ako? Sa hindi ko maintindihan na dahilan, nainsulto talaga ako kahit hindi naman totoo.

"**Hindi ako baliw.**" Madiin kong sabi.

Ngumisi lang sya at nagpamulsa. Para bang hinahamon nya ko. Kung ganun nga talaga ang ginagawa nya, hindi ako mag-aatubiling patulan sya.

"**Anung tawag mo don sa nangyayari sayo? You're changing into someone. Hurting people none stop. You don't even listen to anyone.**"

Anu nga ba?

Napayuko ako. Kasi hindi ko alam ang sagot. Kasi kahit anung gawin ko, wala akong makitang sagot. Baka nga... Baka nga baliw talaga ako.

"**H-hindi k-ko... Alam.**"

Bahagya'ng tumawa si Aries. "**Edi baliw ka nga.**"

"**Enough!**" Buong-buong sigaw ni Kuya.

Parang kulog sa lakas ang boses nya. Kulang nalang lumiwag ang langit dahil sa kidlat. Siguro bagay si kuyang referee sa mga nag-aaway sa lakas ng boses nya.

Tinignan ako ni Kuya. "**Ikaw ba may gawa nun?!**"

Dahan-dahan akong umiling. "**H-hindi----**"

"**I did.**" Putol ng kung sino sa sasabihin ko.

Sino? Sino pa nga ba? Edi yung Hari ng mga Ulupong na mahilig umepal. Pare-pareho kaming lumingon sa kanya. Nakapamulsa pa sya habang bored na nakatingin samin.

"**Excuse me?**" Iritableng baling ni Kuya sa kanya.

"**That *thing* that happen to----what his name again?**" Inosenteng tanung nya sakin.

Seryoso? Matapos nyang pagselosan hindi na nya matandaan ang pangalan. Kalokohan!

"**Cyrus.**" Sagot ko.

"**Yeah. That thing that happen to Cyrus. It was me and not Jay-jay.**"

Salubong ang kilay ni Kuya Angelo'ng tumingin sakin at muling hinarap sa Keifer.

"**Tell what exactly happen.**" Utos ni Kuya.

"**I don't know.**" Mabilis na sagot ng pesteng Hari.

Nang-iinis ang walang-hiya!

"**What do you mean '*you don't know*'?**" Iretableng tanung ni Kuya.

Putik tong Kumag na to! Balak muna yatang galitin si Kuya bago ibigay yung sagot na hinihingi nya.

"Tss."

Shutanginames!

Napahawak na sa sintido si Kuya. Napipikon na rin sya pero pilit pinapahinahon ang sarili. Alam naman nya kasi siguro ang ugali ng isang to.

"Kung wala lang matinong sasabihin pwedeng umalis kana!" Galit na sabi ni Aries kay Keifer.

Nagtitigan silang dalawa. Kulang nalang pakabitan nila ng laser ang mga mata nila para sulit ang titigan portion nila.

Basta matunaw ang isa.

"Keifer... I don't have time for your jokes." Mahinahong sabi ni Kuya pero bakas ang otoridad.

Tinignan ko yung pesteng Hari ng may pakiusap. Kasi kung wala naman syang balak magseryoso sana wag naman sya mang-gulo. Ako yung napag-iinitan ni Kuya.

"I don't know what happen." Tuloy-tuloy na sabi nya at nagbuntong hininga. **"...pero nung dumating kami, sinasaktan nila si Jay."**

Bigla nalang nya'ng hinawakan ang baba ko para iharap kay Kuya yung parte ng labi ko na may pasa. Pinakita din nya yung leeg ko na may marka pa ng pagkakasal ni Cyrus.

Ganun pa rin ang reaksyon ni Kuya Angelo at Aries. Binitiwan ni Keifer ang baba ko at muling humarap sa kanila.

"...so i did what i could. I take down that Cyrus."

"And what are you doing in Holy Saints? Si Jay-jay alam kong may kailangang gawin dun. Eh ikaw?" Tanung ni Kuya.

"Namasyal." Mabilis nyang sagot.

Nice!

Ang gandang sagot! Namangha ako. Hanep! Kahit kelan talaga, ang hilig nyang mang-inis. Ang sarap batukan nitong hinayupak na to.

Napatingin ako kay Aries. Kuta ko ang pagkuyom ng kamao nya. Sa kanila ni Kuya, mas mabilis syang mapikon.

"**Seriously?**" Sarkastikong tanung ni Kuya. "**...Keifer----**"

"**You're so stupid.**" Dire-diretsong sabi ni Keifer dahilan para damputin ni Aries ang damit nya.

"**What did you said?!**" Galit na sabi ni Aries. "**...what did you call my brother?!**"

"**Stupid.**" Pag-uulit ni Keifer sa sinabi nya kanina.

Naman!!!

"**Aries.**" Tawag ni Kuya. "**...Let him go.**" Utos nya pero mukang walang balak sumunod si Aries. "**...Now!**"

Agad ding syan bumitaw ng marinig ang sigaw na yun. Inayos ni Keifer ang damit nya at muling hinarap si Kuya.

"**You're so stupid.**" Pag-uulit na naman nya. "**...Isn't obvious to you?! Wala naman akong kakilala sa Holy Saints. Malamang sinamahan ko si Jay-jay.**"

Wala naging reaksyon si Kuya pero lumipat ang tingin nya sakin. Angad akong nangilabot sa tiningin na yun.

"**Bakit ka sinaktan ni Cyrus?**"

Kasi bading sya at naiingit sa ganda ko!

Siguro nga tama ang Hari. Stupid nga ata talaga sya. Nakalimutan na ba yung past namin ni Cyrus? Si Kuya minsan talaga ang lakas ng sapak. Parang si Aries lang din. At parang si Keifer at Yuri, pati na rin si Percy.

Manang-mana sa pinagmanahan!

"**Diba nga? Yung... Ginawa ko sa kanya dati.**" Napabuntong hininga ako. "**...Gagantihan daw nya ko.**"

Dinig ko ang malakas na singhap ni Kuya. Hindi ko alam kung nagagalit sya o anu. Walang naging reaksyon si Aries pero sarado-sarado pa rin ang kamao nya.

"**Pati mga kaibigan ni Cyrus. Ikaw din ba may gawa nun?**" Tanung ni Kuya kay Keifer.

"**No. It was our classmates.**" Sagot nya habang nakatingin sakin.

"**Thanks for clarifying that. You can go now.**" Paukol ni Kuya saming dalawa.

Nag-nod naman ako at nagsimula ng maglakad paalis. Mabagal ang bawat hakbang ko. Ang bigat kasi ng pakiramdam ko. Ramdam ko din ang Hari sa likod ko.

Malapit na kami sa site namin ng huminto ako. Huminto din sya at kahit hindi sya magsalita alam kong meron syang gusto'ng sabihin.

"**Jay.**" Tawag nya sakin.

Lumingon ako sa kanya. Hindi ko alam kung bored na bored na ba sya sa lugar na to o bored na bored na syang humarap sakin.

"**Spill it out.**" Huminga sya ng malalim. "**...alam kong may gusto kang sabihin o itanong.**"

Hindi ko alam kung ganun lang ba ko ka-obvious o sadyang alam na nya yun mula pa lang simula. Kung alin man sa dalawa, wala na kong paki. Marami akong tanung sa kanya. Sa mga sinabi sakin ni Freya.

"**Marami akong gustong itanung sayo. But i want you to promise that you will answer all of my questions.**" May halong paki-usap ang tinig ko.

Yumuko sya. "**I can't promise.**"

Para akong nanlambot sa sinabi nya. Panu nalang kung lahat ng

tanung ko hindi naman nya sagutin. Pero nawala din ang pangamba ko na yun ng hawakan nya ang kamay ko.

"**...but i will try my best.**" Dagdag nya at ngumiti.

Hindi ko magawang suklian ang ngiti na yun pero hinawakan ko din ang kamay nya at hinigpitan yun.

"**S-sinaktan mo ba talaga si Freya?**" Tanung ko habang nakatingin sa mga mata nya.

Hindi sya umiwas. "**I did.**"

Parang sumikip ang dibdib ko na hindi ko maintindihan. Nagagawa nga nyang manakit ng babae. Bakit? Hindi pa ba sya nadadala sa nangyari sa Nanay nya?

"**B-bakit? Bakit mo ginawa yun?**"

Hindi ko mapigilan ang pagtaas ng boses ko. Nakaramdam ako ng galit sa ginawa nya. Yung ginawa pa lang nya sakin hindi ko maintindihan panu pa yung kay Freya.

Hindi kami friends pero kahit ganun pareho naman kaming babae. Sapat na sigurong dahilan yun para magkaroon ako ng karapatan para magalit sa ginawa sa kanya.

"**Freya is my first in everything.**" Binitiwan nya ang kamay ko at aaminin ko na may kung anung kumurot sa puso ko. "**...but i'm not hers'.**"

Sinabi sakin ni Freya yan.

"**I accept her. Everything about her. Pero yung malalaman ko na si Yuri pa rin... Yun ang hindi ko matanggap.**"

Kaya ba ganun nalang ang galit nya dati. Yung una nyang minahal si Yuri ang gusto. Kaya pala ganun nalang ang hugot nya at para'ng sobra syang nasasaktan.

Umurong ang dila ko at hindi ko magawang ituloy pa yung mga gusto kong itanung.

"**...I'm sure you won't understand how it hurt me and my ego. Masakit... lalu na ng ma-realize ko na si Yuri ang nasa isip nya habang magkasama kami.**" Huminga sya ng malalim. "**...kinain ako ng selos at takot. Palagi kaming nag-aaway hangang sa hindi ko na napigilan ang sarili ko... Na----**"

"**Nasaktan mo sya.**" Pagtutuloy ko sa sasabihin nya. "**...pero hindi sapat na dahilan yun. Babae si Freya.**"

Tumingin sya sa ibang direksyon. Siguro nga hindi ko naiintindihan yung sakit na nararamdaman nya. Kung panu natapakan ang pride nya. At kung gaano kasakit na iba ang nasa isip ni Freya habang magkasama sila.

"**I don't know... Maybe i'm like Dad.**" Sabi nya at yumuko.

Nakaramdam ko yung lungkot nya nung sinabi nya yun. Nahiya ako bigla dahil wala akong pakungdangan sa pagakusan sa kanya.

Lumapit ako sa kanya at niyakap sya.

"**No. Hindi kayo pareho.**" Sabi ko.

Naramdaman ko ang kamay nyang yumakap din sakin. "**Maniwala ka. Nabigla din ako sa ginawa kong yun. Sinuguro ko na hindi ko na ulit uulitin yun.**"

Pero muntik mo ng gawin sakin.

Lalung humigpit ang yakap nya sakin para bang nabasa nya ang nasa isip ko.

"**...Pero muntik ko ng gawin sayo. Kasi involve na naman si Yuri.**"

Kaya pala ganun nalang ang galit nya. Dahil sobra-sobra naman yata ang reaksyon nya nun kung simpleng selos lang yun.

Unti-unti akong bumitaw sa kanya. Kita ko ang lungkot sa mga mata nya. Ang bigat sa pakiramdam. Ako may kasalanan nito. Gusto kong malaman yung totoo pero parang umpisa pa lang hinusgahan ko na sya.

Hindi ko sinasadya.

"**Sorry. Naiintindihan naman kita. Hindi lang kasi talaga ko makapaniwala na magagawa mo yun.**" Sabi ko.

Nagpilit sya ng ngiti. "**Meron ka pang gustong itanung?**"

Madami.

"**M-meron... Baka next time nalang----**"

"**It's okay. You can still ask me.**" Putol nya sa sasabihin ko.

Pero hindi ko alam kung dapat pa kong magtanung. Pakiramdam ko, sobra-sobra na yung tinanung ko sa kanya.

Tinignan nya ko na para bang hinihintay ang sunod kong itatanung. Kaya kahit labag sa loob ko...

"**M-meron pang sinabi sakin si Freya.**" Huminga muna ko ng malalim. "**...sabi nya. Pinaghigpitan mo daw sya na parang bilanggo.**"

Bigla nalang syang tumawa. Nainis ako sa reaksyon nya pero kahit papanu gumaang yung pakiramdam ko.

"**That *thing* is actually normal.**"

Normal pa sa kanya yun?!

"**Normal?**"

Nag-nod sya sakin. "**Nagpapasaway na kasi sya nun. Kung sino-sino na yung nakikita kong kasama nya.**"

"**Panu kayo naghiwalay?**" Tuloy-tuloy kong tanung.

Nawala yung ngiti nya at bahagyang yumuko. "**Dahil kay Aries.**"

What the fudgie barr oh barr sa sarap!

Ilang beses kumurap ang mata ko. Ayaw magsink ng sinabi nya. Panung si Aries? Bakit nadawit na naman ang ugok na yun?

"S-si Aries? P-panung...?"

"Remember Mykel Mitchell?" Tanung nya at nag-nod naman ako. **"...Sinabi nya sakin na may relasyon na daw si Aries at Freya. He even show up a few picture of them, making out."**

"A-anung ginawa mo?"

Bakit parang pamilyar sakin yung istorya na yun?

"Nothing. She's breaking up with me by that time, ako lang tong may ayaw. Then when Mykel told me about them, inisip ko nalang na baka ayaw na nya talaga." Nagpilit sya ng ngiti. **"...so i let her go."**

HIMALA?!

Hindi man lang sinugod o sinabakan ng suntok si Aries. Isa itong himala! Baka may dumaang anghel nung time na yun. O kaya maayos syang kinausap nung angutin na Mykel na yun.

"Di nga?"

Taka nya kong tinignan. **"What?"**

"Hindi mo talaga sinugod si Aries?" Tanung ko at nag-nod naman sya. **"...parang ang hirap maniwala."**

"Yeah... Hindi ko sya sinugod. Yung Mykel ang siningil ko sa lahat." Sabi nya sabay tawa ng malakas.

Ayun! Umamin din!

Hindi talaga pwede na wala sya'ng babawian. Keifer Watson yan eh!

Hinampas ko sya sa braso para tumigil sa pagtawa. Ginawa naman nya at tinignan ako. Hinawakan din nya ang kamay ko.

"Still have questions?" Tanung nya.

"Meron pa. Sabi ni Freya, kinuha lang daw ni Yuri ang gusto nya tapos iniwanan na sya. Totoo ba yun?" May halong pag-

aalala sa tono ko.

"**That one... Is I don't know.**" Taka akong napatingin sa kanya. "**...hindi ko na kasi inalam yung nangyari sa pagitan nila---- basta alam ko lang may mga ginawa na sila, which is i accept.**"

Pfftttt...

Bakit hindi nya alam? Dapat alam din nya yun. Ang baduy naman! Puro tungkol na dun ang tanung ko eh.

"**Ang hirap kasing maniwala na ganun yung ginawa ni Yuri.**" Sabi ko na halos pabulong.

"**I doubt that Yuri did that kind of thing.**" Sabi nya at parang nag-isip. "**...kahit kasi nuong kami na, kinakamusta nya pa rin sakin si Freya.**"

Ibig sabihin, may carebear pa rin sya kay Freya.

"**...may pagkakataon pa na ipinapakita nyang may something pa rin sya para kay Freya. Kaya nagselos din ako ng husto.**"

Para akong nabunutan ng tinik. Hindi nga kayang gawin ni Yuri yun. Edi sana wala ng paki-alam si Yuri sa kanya kung katawan lang nya habol nito.

Kayalang yung itsura ni Freya habang sinasabi sakin yun. Kita kong sobra sya'ng nasaktan. Kaya imposibleng nagsisinungaling sya.

Anung totoo?

"**May itatanung kapa?**"

Napatingin ako kay Keifer at napakamot sa batok ko. Ang lalim ng iniisip ko, nawala sa loob kong magkasama kami.

"**Kailangan na kasi nating bumalik sa site. Madilim na oh!**" Sabi nya sabay turo sa langit.

Oo nga! Haba kasi ng usapan namin. Inabot na kami ng dilim.

"**Sige. Balik na tayo.**" Aya ko sa kanya.

Bago pa man ako makahakbang hinawakan na nya ang braso ko. Tinignan ko yun bago tumingin sa muka nya. Nakangiti sya at pataas-taas ang kilay.

Parang alam ko na yan.

Ngumuso sya at nakumpirma ang hinala ko. Nanghihingi ng kiss ang Gago!

"**Ayoko.**" Mabilis kong sagot. "**...bukas nalang gabi na.**"

Agad syang sumibangot at inis akong tinignan. Ang bilis nya'ng magpalit ng expression.

"**Andyan sila Kuya diba? Baka bigla nalang pumunta dito yun... Mahuhuli tayo.**" Pagdadahilan.

"**Fine.**" Inis na sagot nya at nauna pa naglakad sakin.

Natawa nalang ako. Kaylangang kontrolado yan, masama kapag sobra-sobra baka maulit yung *New Year anu-han.*

Kahit papanu, nabawasan na yung isipin ko tungkol sa kanila ni Freya. Nasagot ang ilan sa mga tanung ko. Yung kay Yuri nalang ang gusto kong masagot.

Alam kong may explanation din naman sya.

Handa akong pakinggan yun.

Malayo pa pero kita ko na ang liwanag ng bonfire at dinig ko na din ang ingay nila.

Paglapit namin, nag-iinuman ang mga luko. Nagtatawanan at asaran. Panay naman ang kwento ni Ci na sya'ng pinaka-malakas ang boses sa lahat.

Bangkang-bangka!

"**Jay-jay!**" Tawag sakin ni Eman at lumapit. "**...for you.**" Sabi

habang pilit inaabot ang bote ng alak.

Kahit nagtataka, kinuha ko yun at tinignan silang lahat. Hindi ko alam na may dala silang alak----*ay teka!*

Hindi samin to! Eto yung galing sa Section A. Tsk! Luko talaga tong mga to.

"**Kumain ka muna Jay! Baka sikmurain ka nyan.**" Sabi ni David at inabutan ako ng plato na puno ng----*pulutan to eh!*

"**Naku! Wag nyong lasingin yan!**" Sigaw ni Edrix na may pag-aalala. "**...baka magtawag na naman ng *dimunyo* sa apoy!**"

Malakas na tawanan ang sinagot ng lahat habang nakatingin sakin. Mga Gagong to! Pagtawanan daw ba ko. Inirapan ko nalang sila at naghanap nalang nag pupwestuhan.

Sana lang talaga wag akong malasing.

Yari kayo sakin.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ + +

Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 178

Author's Note: Thank you po sa cover. stardustblyth

Barakuda

Jay-jay's POV

Ayoko ng masikip. Ayoko ng mainit. Ayoko ng maputik---*huh?!*

Linya sa pelikula yun ah?

Busit kasi! Nagising ako na ang sikip-sikip ng pakiramdam ko. Lagkit na lagkit na ko sa pawis ko. Kahit ayaw ko pa sana dumilat ako at naging dahilan yun ng pagsakit ng ulo ko.

Curse this hangover!

Hindi talaga ako marunong madala. Inom pa rin ng inom kahit ang kapalit nun ay pagising sa umaga na sobrang sakit ng ulo.

Pakshit! Parang binibiyak ang ulo ko sa sakit. Pinilit kong abutin ang ulo ko gamit ang kamay ko pero sa hindi ko maintindihan na dahilan hindi ako makagalaw.

Pinilit kong tignan yung mga kamay. Tuluyang nagising ang diwa ko ng makita ko yung dahilan.

NAKATALI AKO!

Anak ng tokinawang hapon! Nakatali ang mga kamay ko sa magkabilang side ko. Bukod don ay meron ding dalawang kamay na nakadantay sakin.

Ganun nalang ang bilis ng tibok ng puso ko. Ayoko'ng lumingon sa magkabila. Ramdam na ramdam ko ang hininga nila sa leeg ko.

Braso pa lang... Alam na!

Sobrang init! Basa na yata ang katawan ko ng pawis. Hindi rin ako makahinga ng maayos sa posisyon namin.

Kaya kahit labag sa loob ko. Unti-unti akong lumingon sa kaliwa. Halos mahalikan na nya ko sa lapit ng muka nya.

"**K-keifer.**" Tawag ko sa kanya.

Hindi natinag ang luko at mukang himbing na himbing. Dahan-dahan akong tumingin sa kanan ko at halos ganun din ang sitwasyon at posisyon nya.

"**Yuri.**" Tawag ko din sa kanya.

Hindi rin sya gumalaw. Sobrang lagkit na lagkit na ko sa pawis ko. Pinilit kong gumalaw at bungguin sila. Malakas na pag-ingit ang narinig ko sa kanila. Bahagya din silang lumayo sakin.

"**Gising na. Utang na loob! Ang liit ng tent ko pinagkasya nyo yung sarili nyo dito.**" Inis na sabi ko sa kanila.

Si Yuri ang unang dumilat at bumangon. Naghikab muna sya bago ako harapin.

"**Good morning.**" Nakangiti nya'ng bati sakin.

"**Good morning din. Baka gusto mo na kong kalagan?**" Sarkastikong tanung ko.

Tinignan nya ang mga kamay ko. Akala ko aabutin na nya yung buhol ng tali pero inabot lang pala nya si Keifer para kalabitin. Ilang beses nya'ng ginawa yun bago tuluyang magising yung isa.

"**What?!**" Inis na tanung nung Hari kay Yuri.

"**Kakalagan ko naba to?**" Tanung naman ni Yuri.

At nanghingi pa talaga sya ng permiso?

Tinignan ako ng Pesteng Hari bago ngumiti. "**Wag muna. Sayang yung pagkakataon.**"

Anung pagkakataon?!

"**Gagawin na ba natin ngayon?**" Tanung ni Yuri.

Anung gagawin?!

"**Pwede rin.**"

Ang alin?!

"**Hindi ba tayo maririnig sa labas?**"

Maririnig ang alin?!

"Takpan mo yung bibig para hindi tayo marinig."

Halos mabali ang leeg ko sa pagpapabalik-balik ng tingin sa kanila. Hindi ko maintindihan ang pinag-uusapan nila.

Ngumiti si Yuri at bahagya'ng nilapit ang muka nya sakin. Sobrang nawi-wirduhan na ko.

"Jay... Wag ka magagalit ah?" Tanung nya na sobrang pinagtaka ko. **"...kami nang—."**

Shutanginames!

"Anu?! Baliw kayo!" Sigaw ko habang pilit umaalis sa pagkakatali sakin.

Bigla nalang silang nagtawanan ng malakas. Dun ko nakuha na pinagt-tripan lang nila ko dalawa. Halos mawala na ang pagitan ng kilay ko sa pagsalubong nito.

Tinanggal ni Yuri ang pagkakatali sakin. Bumangon ako at agad silang sinuntok sa braso.

"Aw..." Reklamo ni Keifer habang hinihimas ang braso.

"Mga animal kayo!" Inis na sabi ko at lumabas ng tent.

Ganun nalang ang ginhawa ko. Sobrang init kasi sa loob ng tent, idagdag pang tatlo kami sa loob. Pang-dalawa lang kaya yan.

Lalakad na sana ako palapit sa jag para manguha ng tubig pero natigilan ako sa mga reaksyon nila.

Eto pa ang mga wirdo!

Lahat sila naglayuan pero sakin pa rin nakatingin. Merong nagtago sa likod ng puno at tent nila. Si Ci-N naman nagtago sa likod ni David.

"Anyare sa inyo?" Tanung ko sa kanila.

Walang sumagot. Bigla nalang may tumapik sa balikat ko.

Nakangiting lumagpas sakin si Yuri.

"**Last mo na yan. Wag ka ng iinom.**" Sabi pa nya bago kumuha ng tubig.

Holy cow calabao!

Anung nangyari kagabi?! Nalasing ako! Alam ko! Pero anung nangyari pagkatapos? Eto na naman po kami.

May panibagong kamay ang tumapik sakin. Nakangiti ring lumagpas sakin si Keifer.

"**Nice...**" Sabi nya at kumuha rin ng tubig. "***...Barakuda.***"

Pakshit!

*****Flashback...*****

"Alulululululululululululu!!"

Malakas ang tawanan nila habang pinapanood ako sa harap ng bonfire.

"Go Jay-jay!"

*****EndofFlashback...*****

Natakpan ko nalang ang muka ko sa sobrang kahihiyan. Sinasabi ko na! Asar naman!

Narinig kong nagtatawanan si Keifer at Yuri. Tinignan ko naman sila agad ng masama. Kahit hindi nila sabihin alam kong ako yung pinagtatawanan nila.

Napatingin ako kay Ci na nasa likod pa rin ni David. Panay lang ang silip nya.

"**Ci-N...**" Tawag ko sa kanya at tangkang lalapit pero agad sya'ng umatras habang nakahawak pa rin kay David.

"W-wag ka lalapit."

Inis ko naman sya'ng tinignan. "**Napapanu ka ba?!**"

"**Itago mo ko Dabid!**" Sigaw nya.

Hinayaan lang naman sya ni David na magtago sa likod nya. Puno ng pagtataka yung itsura ko dahil sa ina-asta nila.

Tignan ko si Eman pero hindi pa man ako nakakapag-salita tumakbo na sya palayo. Ganun din ang ginawa ni Josh kahit sobrang sama ng tingin nya sakin.

"**Hala! Anu bang nangyayari sa inyo?**" Tanung ko pero walang sumagot.

"**Ang lakas ng trip mo kagabi.**" Sabi ni Yuri habang inaabutan ako ng tubig.

Nangamba agad ako. Parang alam ko na kung anu yung ginawa ko. *Naku naman!*

"**Sino nga pala si Barakuda?**" Tanung ni Keifer.

"**H-ha?**"

"**Sabi mo kasi kagabi ikaw si *Barakuda*.**"

Nanlaki ang mga mata ko. "**A-anu... Character yun na ginampanan ko sa school play namin... Noon.**" Halos pabulong kong sagot. "**...Sa sobrang kahihiyan ko nun, umakyat ako sa stage na lasing.**"

Yun din ang unang beses na tumikim ako ng alak. Tumawa si Yuri at Keifer. Taka naman akong napantingin sa kanila.

"**Congratulation! You portray your character very well.**" Sabi nung Hari habang nakangiti ng nakaka-asar.

Argh! Anu ba?!

"**Anu ba talaga'ng ginawa ko?!**"

Napansin ko si Felix na dahang-dahang lumalapit sakin. Halatang

nag-aalangan pa sya. Kinuha nya yung cellphone nya at nagpipindot dun. Nang matapos ay inabot nya sakin yun.

Video... Na naman?!

Pinlay ko yung video. Ang likot ng kuha. Masakit sa mata panoorin pero kailangan kong pagtyagaang para maalala ko yung ginawa ko.

Malakas ang sigawan nila. Panay rin ang takbo nung kumukuha kaya pala ang likot-likot.

"***Kailangan ko ng birhen!***" Malakas na sigaw....ko?

Hindi ako kita sa video kaya hindi ko masabi kung ako nga yung sumisigaw na yun. Malakas lang talaga ang kutob kong ako yun.

"***Ako si Barakuda!***" Sigaw ko na naman.

Sa pagkakataon na to sigurado na ko na ako yung sumisigaw.

"***Shit! Nababaliw na si Jay!***" Boses ni Calix.

Bahagya'ng tumahimik. Panay din ang lipat ng anggulo ng camera. Para bang may hinahanap.

"***Nawala si Jay-jay! Nakita nyo ba?***" Bulong ni Felix.

"***Aaaaagghhhhh!!***" Sigaw ni Ci-N yun, sakto naman at tinapat yung camera sa kanya. "***...Papatayin ako ni Jay-jay!***"

Kita'ng kita ako sa video na hinahabol ko si Ci at meron akong hawak na...kutsilyo?

"***Ci-N! Magtago ka!***"

"***Bilisan mo Ci!***"

"***Ci-N! Play dead!***"

Bigla nalang nawala si Ci-N at ako. Muli na namang nagpalipat-lipat yung anggulo ng camera.

"***Asan?!***" Nag-aalala'ng tanung ni Felix.

Tumapat yung camera sa bonfire. Maya-maya ay lumabas ako at parang may hinahanap.

"***Kailangan ko ng birhen! Kailangan ko ng birhen! Kapalit ng walang hangang buhay!***" Paulit-ulit na sigaw ko.

Nanlulumo ako sa itsura ko sa video. Yung mga pinag-sasasabi ko, kapareho linya ko sa school play namin nuon.

Mukan-tanga!

"***Si Eman! Birhen pa yan!***" Biglang sigaw ni Blaster dun sa video kasabay ng malakas na tawanan.

"***Gago Blaster!***"

"***Eman! Takbo!***"

Muli na naman akong nawala sa video. Dun ko lang napansin na mukang nagtatago sila Felix dahil hindi na sya umalis sa kinalalagyan nya.

May sunod-sunod na sigawan galing sa kung saan. Itinapat ni Felix ang camera sa area na yun at bigla nalang nagtakbuhan sila Edrix, Eman, Rory, Eren at Josh.

"***Eto si Josh! Birhen pa to!***" Sabi ni Eren habang pilit tinutulak si Josh.

"***Tado!***" Sigaw sa kanya ni Josh at muli na naman silang nagtakbuhan.

Akala ko maghahabulan na naman pero biglang lumitaw si Keifer at Yuri na may dalang tali. Agad silang lumapit sakin at paulit-ulit na pina-ikot yung tali sa buo kong katawan.

Malakas na napalak-pakan ang ginawa ng mga luko at kanya-kanya na ng lapit sakin.

"***Sunugin ang mangkukulam!***" Sigaw ni Ci-N pero malakas na batok ang nakuha nya galing kay David.

Dun na natapos ang video. Hiya'ng hiya akong humarap sa kanila. Kaya pala ganun nalang ang takot nila sakin.

"**Hindi na kami nakatulog. Natakot kami sayo.**" Sabi ni Felix habang inaabot ko sa kanya ang cellphone nya.

"**Sorry.**" Sabi ko.

Hinarap ko din si Ci-N na pilit nagtatago sa likod ni David.

"**Ci... Sorry.**"

"**Please lang Jay... Wag kana maglalasing ng ganun.**" Sabi ni David.

"**Hindi na... Sorry talaga.**"

Unti-unti'ng lumabas si Ci mula sa likod ni David. Nakayuko pa syang humarap sakin.

"**Pwede...**" Panimula nya at hinintay naman namin ang kasunod nya'ng sasabihin. "**...magtoothbrush ka muna. Mas nakakatakot pa yung amoy ng hininga mo-----Aray!**"

Malakas na batok ang binigay ko sa kanya. Napa-seryoso ng muka nya. Akala ko kung anung paki-usap ang gagawin nya.

Ibang klase!

Napilitan tuloy akong bumalik sa tent ko para kumuha ng gamit. Maliligo na ko kahit maaga pa. Busit kasing Ci-N yun!

"**Saan ka pupunta?**" Tanung ni David.

"**Maliligo muna ko!**" Pasigaw kong sagot habang patuloy sa paglalakad.

Kulang nalang tumakbo ng mabilis para makarating banyo. Baka kasi maubusan ako ng almusal. Lam nyo naman!

Patay guts ang mga Ulupong!

Dahil maaga pa, ako pa lang nasa banyo. Solo ko ang lahat! Nice!

May karapatan din akong kumanta ng kahit anung kanta na maisipan ko.

Oh yeah!

Nagsimula na kong maligo at habang busy sa pagsh-shower panay din ang kanta ko.

"***♫…Baby you don't have to rush***
you can live your toothbrush
at my place… At my place.
We don't need to keep rush
you can live a toothbrush
at my place… At my place.
Stock in the limbo----Aaaaggghhhh!!"

Putangina! May bigla nalang nagbukas ng kurtina ng shower. Yun na kasi yung nagmimistulang pinto ng cubicle. Mabilis kong dinampot ang towel ko at tinakpan ang dapat takpan habang nakasandal sa pader.

"Are you deaf or something? Can't you hear your own voice?" Iritableng tanung ni Freya.

Oo na! Boses palaka na!

"M-malay ko bang may ibang tao pala-----aaaagghhh!" Napasigaw ako ulit ng makita ko ang kabuuan nya.

Walang kahit na anung saplot sa katawan ang Gaga! Basang-basa ang buhok nya at may kaunting shampoo pa.

Tumingin nalang ako sa kisame. Oo babae din ako pero.... *Kingina naman!*

"What?! Can't look at my gorgeous body?" Halata sa boses nya ang pang-aasar.

Hindi ako sumagot. Sinubukan kong Isara yung curtain gamit ang paa ko pero nakaharang ang kamay ni Freya.

"…Or maybe your hiding something?" Dagdag pa nya at bigla

nalang binatak ang towel ko.

Mahigpit ang hawak ko dito. Halos madulas ako sa paglaban sa kanya ng agawan. Putik naman! Makikita yung hindi dapat makita sakin nito.

"**FREYA!**" Sigaw ko at pilit nakikipag-agawan. "**...Punyeta ka!**"

Ang lakas makapikon nitong babae na to. Akala ko hindi sya titigil, kaya naman nakahinga ako ng maluwag ng bitiwan din nya.

"**You're no fun.**" Inis na sabi nya.

Tinignan ko sya ng masama. Pero unti-unti din nawala yun ng makita kong namamaga ang mata nya. Para din sya'ng inaatok o mas tamang sabihin na muka syan lasing at sabog.

Kaya yata nya ko pinagt-tripan.

"**A-anu bang p-problema mo?**" Naiilang kong tanung habang nakatitig sa kanya----sa muka nya!

Wag baba ang tingin!

"**Ang boring dito.**" Sabi nya at tinignan ako mula ulo hangang paa. "**...para namang may makikita ako sayo. Pakatakip ka pa dyan!**"

"**A-anu b-ba?! Umalis k-ka na nga!**" Pakiramdam ko ang init-init ng muka ko.

Busit naman kasing babae to! Wala ba syang magawa sa mundo? At panu nya naipapangalandakan ng ganun ang katawan nya. Wala atang kahihiyan.

Pero infairness, maganda katawan nya!

Ngumisi lang sya at lumakad na paalis. Hindi ko inalis ang tingin ko sa kanya. Kusa din akong napatingin sa tenga nya ng may biglang kuminang na bagay.

Hindi ako sigurado pero parang hikaw yun. Kuminang sandali tapos

nawala na din.

Pamilyar sakin!

Pero bago ko pa ulit isipin kung saan ko nakita yun, sinara ko na ulit yung kurtina at mabilis na tinapos ang pagligo ko. Baka kasi bumalik sya at pagtripan na naman ako.

Matapos maligo at magtoothbrush, bumalik na ko agad sa site namin na fresh na fresh. Nakakahiya dun sa isa baka sabihin nakakatakot ang hininga ko.

Pagdating ko, kumakain na sila ng almusal. Pfffft... Hindi man ako hinintay.

"**Kain na Jay!**" Aya sakin ni Calix.

"**Pagkain ang totoong magbibigay sayo ng buhay----hindi nga lang walang hanggan.**" Tatawa-tawang sabi ni Rory.

Busit! Paalala daw ba!

Agad kong binaba ang gamit ko sa tent. Lumapit ako kay Eman para manghingi ng pagkain.

Inabot nya sakin ang plato pero nakasimangot pa rin syang nakatingin sakin.

"**Uy... Sorry na.**" Sabi ko habang pilit ngumingiti sa harap nya. "**...Sorry.**"

"**Tsk! Last mo na talaga yung kagabi. Hindi ka na pwedeng maglasing.**" Inis na sabi nya.

"**S-sige. Basta peace na tayo ah?**" Sabi ko habang naka-senyas ang dalawang daliri.

Ngumiti naman sya habang napapailing. "**Oo na.**"

Kumuha na ko ng kakainin. Tumabi ako kay Ci na bida-bida na naman sa pagkukwento.

"**Barakuda! Barakuda!**" Tawag nila sakin habang tumatawa.

Bwisit!

Tinignan ko sila ng masama. "**Babatuhin ko kayo ng plato dyan!**"

"**Alulululululululu!**" Sigaw ni Drew at mas lumakas pa ang tawanan nila.

"**Mga impakto kayo!**"

"**Tama na yan!**" Sita sa kanila ni Edrix. "**...Baka iluto tayo sa apoy nyan.**"

"**Hahahahahaha... Mangkukulam!**"

Bwisit! Kala ko ba naman binawalan nya para tumigil, yun pala para makahirit sya. Kahit kelan talaga tong mga Ulupong na to.

Tuloy ang pang-aasar nila sakin habang kumakain. Pagkatapos, isa-isa na silang umalis papunta sa banyo. Maliligo na sila dahil aattend na naman kami ng program. Lunch pagkatapos nun tapos tatambay na naman kami kasi hindi naman kami kasali sa activity keneme nila.

Napaka-makabuluhan talaga ng retreat na to. Dama'ng dama ko!

Unang nakabalik sila Rory at Edrix kaya sa kanila na ko sumabay. Susunod naman yung iba. Kagaya kahapon nasa hulihan na naman ang pwesto namin.

Napatingin ako sa Section A. Ang lakas kasi ng tawanan nila. As usual, nagsosolo na naman si Ella at Aries. Nakikipag-kwentuhan naman si Mica pero grupo ni Freya yung magulo.

"**Barakuda! Barakuda!**" Sigaw ng kung sino habang tumatakbo.

Sino pa nga ba?!

One time. Pasapak lang sa bata na to. Yun lang wish ko! Isa'ng sapak lang talaga, masaya na ko nun.

"**Usog ka! Dyan ako.**" Sabi nya sabay tulak sakin.

Tignan mo tong tao na to. Makatulak wagas. Muntik pa kong masubsob. Tignan ko sya ng masama pero nginitian lang nya ko.

Batang kumag!

Nagdatingan na rin ang iba. Nagsalita yung organizer sa mic kaya naman nagsitahimik na. Inumpisahan ulit sa dasal.

"**Bantayan nyo yung isa dyan. Baka makatulog na naman.**" Parinig ni Blaster at nagtawanan sila.

"**Tse! Hindi ako makakatulog.**" Pagtataray ko sa kanila.

Tumingin na kami sa harap ng bahagyang umubo ang organizer para agawin ang atensyon namin.

"**Let's talk about something that everyone can relate.**" Sabi nung may hawak sa mic. "**...very common and known to this world.**"

Alam ko yan! Alam ko yan! PERA!

"**...Love.**"

Ay korni.

Bigla nalang tumayo si Ci-N. Nakataas ang dalawang kamay habang sumisigaw ng...

"**WALANG FOREVER!**"

Agad na nagtinginan ang mga tao sa kanya. Kasabay ng malakas na tawanan at palakpakan.

Shutanginames!

"*Wooooh!*"

"*Hahaha...*"

Pati organizer natawa nalang din sa kanya. Tinignan ko sya ng masama pero mukang proud pa talaga sya sa ginawa nya.

"...PERO KAMI NI RAKKI MERON! I LOVE YOU RAKKI SAN DIEGO!"

Nasampal ko nalang ang noo ko. Ibang klase talaga. Sigurado akong mahaba-habang araw na naman to.

Kahit kelan talaga!

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 179

Author's Note: NO EDIT! Other new stories that you can also enjoy to read.

Still Stuck On You
By MargieRamos
Dyosa ng Section Daisy
By KimDahyun2313

Hindi na rin po ako tumatanggap ng Dedication. Mag-announce nalang po ako dito kung may space pa. Para po sa mga nagpadedicate pero nagpalit ng username, hindi ko na mahahnp yng *New* username nyo kaya pasensya na po---bbgay ko na po sa iba yun.

Pahantay nalang po sa ibang nireplyan ko. May pagkakasunod-sunod kasi---dipende sa una kong nakita.

And last...

Thank you for this wonderful cover. chain_dreamer



---eatmore2behappy

Truth or Dare

Jay-jay's POV

Bwisit tong Batang Kumag na to. Takaw eksena ang lintik. Ang bilis nga lang ng karma nya.

"**Rakki! I love you!**" Sigaw ni Ci habang hinahabol si Rakki.

"**Lumayo ka sakin! Kainis! Nakakahiya ka!**" Sigaw naman ni Rakki sa kanya habang tumatakbo palayo.

Nakatanaw lang naman kami sa kanila. Pati ibang tao nanunuod lang din habang napapailing. Ang lakas din kasi nila maka-agaw ng eksena.

Kasalukuyan kaming nakapila. Lunch na kasi at sa haba ng sinabi ng organizer----wala akong naintindihan. Puro *Love* keneme lang naman ang sinabi nya. Meron pang nag-aminan ng feelings pero syempre walang tatalo kay Ci-N.

"**Jay...**" Tawag sakin ni David habang inaabot ang tray.

Kinuha ko yun at agad na namili ng kakainin. Malayo pa ko pero tanaw na tanaw ko ang lechon. Bes! Lechon!

Nagmamantika!

Habang nilalagyan ng pagkain yung tray ko, hindi maalis yung tingin ko sa lechon. At dahil gutuman ang tropa nyo, hindi pa kami umaalis sa pila---kumakain na ko.

Wooooooohhh!! Lapang mga Bes!

"**Maupo ka kaya muna.**" Sabi ni Keifer sakin. "**...hindi pa tayo nakakaalis sa pila, nangangalahati na yan.**"

"**Bakit ba nangingialam ka?**" Inis na tanung ko sa kanya.

Inirapan nya ko sabay abot ng bottled water. "**Takaw.**"

Hindi ko nalang sya pinansin at nagtuloy nalang. Bago pumunta sa

pwesto namin, hinintay muna namin yung iba.

Dahil matagal bago natapos si Ci-N----na syang pinaka-huli sa mga hinihintay namin----halos paubos na yung pagkain ko sa tray. Hindi ko na talaga kaya'ng tiisin. Ginutom ako ng sinabi ng organizer.

"**Sa wakas natapos din.**" Inis na sabi ni Calix.

"**Tara na! Tara na!**" Aya ni Edrix.

Naglakad na kami pabalik sa pwesto namin. Nakakailang hakbang pa lang ako ng bigla'ng lumipad yung tray ko papapunta sa ere at diretsong lagapak sa sahig.

Yung pagkain ko!

"**Ooopps! Sorey.**" Nakatawang sabi ni Freya.

Gusto kong magalit sa kanya at sugurin sya pero nanaig ang lungkot sa puso ko. Lungkot dahil sahig nalang ang nakinabang sa pagkain ko sa halip na sikmura ko.

"**Eto na naman po tayo.**" Dinig kong bulong ni David.

Nasa nakataob na tray pa rin ako nakatingin. Kahit nakakain na ko ng mahigit sampung subo----ng kanin at ulam----hindi pa rin sapat yun. Lalu na't meron pang natitira.

Alam kong maraming nagugutom sa mundo. Hindi dapat nagsasayang ng kakainin. Hindi dapat magsayang ng lechon. Naisip ba nya ang dinanas ng Baboy na yan bago sya katayin? Ang preparasyon nya para maging masarap sya? Marami syang pinagdaanan----mantika! Apoy! Baga! At kawayan!----lahat ng yan nasayang ng dahil kay Freya'ng IMPAKTA!

Tinignan ko sya ng masama. "**Tanga mo!**" Sigaw ko at agad na nagsalubong ang kilay nya.

"**Excuse me?!**" Iritang sagot nya sakin.

"**Alam mo bang hirap ang Baboy na yan magpataba para lang maging lechon?!**" Sabi ko habang nakaturo sa ilang piraso ng

lechon sa sahig.

"*Anu daw?!*"

"*Yung lechon.*"

"*May hugot si Jay-jay sa lechon.*"

"...muntik pa syang hindi mapili dahil may mas malaki pa sa kanya! Muntik pa syang ma-depress!" Dagdag ko.

Halos lahat sila takang nakatingin sakin at sa tinuturo ko. Hindi ko mapigilan ang inis ko.

Yung lechon!

"What the hell are you talking about?!" Inis na tanung ni Freya.

"Malamang ayan!" Sagot ko at dinuro-duro ang ilang pirasong lechon. **"...Ganyan ka naman eh! Hindi mo ba naisip yung damdamin ng Baboy na yan ng mapili syang maging Lechon? Syempre sobrang saya."**

"HUH?!" Sabay-sabay na sagot ng mga tao sa paligid ko.

Mga wala kayong puso! Ang alam nyo lang kasi kumain ng kumain.

"Anu sa tingin mong mararamdaman nya ngayon kapag nalaman nyang hindi sya kinain?! Na natapon lang sya sa sahig?!" Pagpapatuloy ko. **"...Masasaktan yun! Syempre hindi mo alam yun dahil sarili mo lang iniisip mo!"**

Nakatangang nakatingin sa akin ang lahat. Gulong-gulo sa mga naririnig nila mula sa akin. May ilang beses ding kumurap si Freya bago magsalita.

"What...the...fvck?!" Tumaas ang isang kilay nya. **"Anung connect ng mga pinagsasasabi mo sa ginawa ko?"**

Nagsalubong na sa inis ang kilay ko. **"Connect? Walang connect! Walang internet hindi bayad!"**

May naramdaman akong kamay na humawak sa balikat ko. Tinignan ko yun at nakita ko si Ci-N. Bahagya syang nakayuko at parang nakikisimpatya sakin.

"**Jay...**" Panimula nya. "**...kung anu man yang pinagdadaanan mo sa lechon...**" Huminga sya ng malalim. "**...ikain mo nalang, kasi hindi namin maintindihan.**"

Magsasalita palang sana ako ulit pero inakbayan ako ni Yuri na parang pasakal sa leeg ko ang braso nya. Inis ko syang tinignan.

"**Tara na! Wag kang madrama.**" Sabi nya at pilit akong hinatak paalis.

Sinubukan kong manlaban pero sobrang higpit ng pagkaka-akbay nya sakin.

"**Crazy.**" Dinig ko pang sabi ni Freya.

Wala akong nagawa kundi ang maglakad kasabay ng mga pesteng Ulupong na to. Hindi pa ko tapos eh! Hindi pa ko tapos ipamuka kay Freya yung pinagdaanan ng Lechon na yun.

Pagbalik sa pwesto namin, cross arm akong pasandal na naupo. Salubong din ang kilay kong nakatingin sa mga Section A.

Kala nyo... Mumultuhin kayo ni Piggy.

May bigla'ng nag-abot sakin ng tray na may pagkain. Pagtingin ko si Keifer at seryosong nakatingin sakin.

"**Bakit mo binibigay sakin?**" Tanung ko.

"**Para hindi ka na sumibangot.**" Bored nyang sagot.

"**Panu ka?**"

"**I'm full. I ate too many rice this morning.**"

Ayoko sana. Kasi nga pagkain nya yun tapos ako kakain. Kayalang kasi nabitin ako sa kinakain ko kanina. Patalsikin daw ba kasi ni Freya sa ere, edi wala ng natira sakin.

"**Hati nalang tayo.**" Suggestion ko.

Nagbuntong hininga sya at naupo sa tabi ko. Nakangiti akong kinuha yung tray sa kanya at nagsimulang kumain. Binalik ko sa kanya yun matapos sumubo ng isa hangang dalawang beses.

Parang nung unang beses lang na naghati kami sa pagkain. Salitan kami sa pagsubo. Pareho kaming gutuman nun at walang choice kundi ang maghati.

Pero bakit ko nga ba sya hinatian nun?

Bigla nalang nyang pinitik ang noo ko. Napahawak ako dun at agad ko syang tinignan ng masama. Ang sakit ng ginawa nya, hinayupak lang?

"**Aray ah! Inaano kita?!**" Inis na tanung ko sa kanya.

"**Ngumingiti ka mag-isa.**" Sagot nya na pinagtaka ko.

Ngumingiti? Grabe! Naalala ko lang yung hatian namin ng pagkain tapos napangiti na ko ng hindi ko namamalayan. Anu ba yan?! Nakakahiya!

Inagaw ko nalang sa kanya yung tray at kumain. Baka kung anu isipin nya sa ginawa kong pagngiti.

Pagkatapos ngumiti----este kumain, bumalik na kami sa camp site namin. Hindi naman kasi kami kasali sa Activity keneme nila.

Bigla nalang nagtakbuhan sila Ci-N, Eren at Calix sa duyan ni Yuri. Akala namin kung anu yun pala nag-uunahan lang sa pagsakay.

"**Ako nauna!**" Sigaw ni Eren.

"**Ako kaya! Alis nga!**" Sagot ni Calix.

"**Ako! Ipapakulam ko kayo kay Jay-jay Barakuda!**" Sigaw ni Ci at agad na nagtawanan ang mga talipandas.

Batang Kumag!

Kainis tong bata na to. Pinaalala pa yun sa lahat. Hindi rin naman sila nakahiga sa duyan dahil lumapit sa kanila si Yuri at pinaalis sila para sya ang makahiga.

Anu kayo ngayon?! Buti nga sa inyo!

Kanya-kanya kami ng pwesto. Yung iba natulog dahil napuyat daw sila sa ginawa ko kagabi. Yung iba naman naglaro ng baraha---- yung walang pusta. Meron namang nagkukwentuhan at syempre kami ni Ci-N yun.

"Anung sabi mo sa kanila?" Tanung nya tungkol dun sa school play namin na ginampanan ko.

"Sabi ko, ayoko. Wala ako alam sa ganun." Bored kong sagot.

"Panu ka nila napapayag?"

"Sinumbong nila ko sa adviser namin. Kakausapin daw nila si Lola kapag hindi ako pumayag."

"Bakit ba ikaw napili nila?"

"Syempre... Para makaganti sakin. Gago yung mga classmate ko na yon."

"Anu namang kwento yung ginawa nyo?"

"Gawa nila. Tungkol sa isang dilag na hindi kumukupas ang ganda. Ako yung gumanap sa mangkukulam na version tapos yung maganda sa klase namin yung magandang version." Paliwanag ko ng may halong inis.

Kasi naman! Maganda pa ko dun sa kaklase ko na yun tapos ako yung pinili nila sa mangkukulam na version. Mga Kinginames talaga nila!

"Huhulaan ko linya mo sa play." Nakatawang sabi ni Ci.

Hinintay ko naman sya habang bored na nakatingin sa kanya. Umupo pa sya ng maayos bago magsalita.

"***Ako si Barakuda at kailangan ko ng birhen kapalit ng walang hangang buhay.***" Pang-gagaya nya sa mga sinabi ko na narinig ko din sa video.

Napangiwi ako. Tuwang tuwa kasi sya sa mga sinabi nya. Tumataas-taas pa ang kilay nya habang nakanganga.

"Mahaba yun! Hindi lang yan yon. Nakalimutan ko lang yung ibang line."

"Anu nga palang sabi nila nung umakyat ka ng stage na lasing?" Tanung nya pa ulit.

"Wala."

"Wala? Bakit wala?"

"Huli na nila nalaman. Nung tapos na yung program, bigla nalang kasi akong nawala."

"Saan ka nagpunta?"

"Sa banyo. Sumuka kasi ako ng sumuka. Ang tsismis pa nga, buntis daw ako."

"Anung sabi mo?"

"Sinabi ko yung totoo, nakainom ako. Wala naman naniwala kasi mas nanaig yung tsismis na buntis ako."

Bigla nalang syang tumawa ng malakas. May pahampas-hampas pa sa hita nya. Hindi ko sya masisisi, mga wala kasing isip yung mga kaklase ko nun.

Kahit hangang ngayon naman yata wala.

Boyfriend ko na kasi si Cyrus nun. Akala naman nila may ginagawa na kaming milagro. Jusme! Ni hindi nga kami nag-holding hands ng hinayupak na yun. Sya rin ang nagdala ng alak non at pinainom ako pampatanggal daw ng kaba.

Kung anu-anu nalang ang napag-usapan namin dala ng pagkainip.

Panay din ang kwento nya tungkol sa condo nya at sa pamangkin ng taga-linis nya----Veronica daw ang pangalan.

"**...mas bata sya sakin. Kapag wala ang Tita nya sya ang naglilinis----**"

"**Bakit mo ba sya kinukwento sakin?**" Putol ko sa sinasabi nya.

Napunta na kasi yung usapan kay Veronica, eh hindi ko pa naman sya nakikita. Kakaiba din magkwento tong bata na to. Kusang naiiba yung topic na hindi ko namamalayan.

"**Wala lang.**" Mabilis nyang sagot sakin.

"**Baka naman crush mo yung Veronica?**" Pang-aasar ko sa kanya.

Pinandilatan nya ko ng mata. Natawa nalang ako ng bigla syang namula. Insumbong ko kaya kay Rakki to?

"**WALA!**" Malakas nyang sigaw na akala mo kay kagalit. "**...wag ka ngang anu dyan! Baka makarating kay Rakki yan...**" Pahina ng pahina nyang sabi habang nakanguso.

Tinawanan ko nalang sya. Guilty kasi! Isang beses pa lang akong nagtatanong tapos ganun na yung reaksyon. Simpleng paghanga lang naman yun kaya walang problema. Tsaka bata pa naman sya.

Tinulak-tulak nya ko ng parang bata na nagpapa-alis ng kalaro. Sa halip na mainis sa kanya lalu lang akong natawa. Nakayuko kasi sya at pilit tinatago ang muka.

"**Panu na si Rakki nyan? May Veronica pala.**" Pang-aasar ko sa kanya.

"**Crush lang naman yun... Kay Rakki pa rin ako.**" Nakanguso nyang sagot.

Edi umamin ka din.

Napapailing nalang ako. Hangang sa meron akong biglang naalala. Yung gabing nag-dinner kami ng pamilya nya.

"Ci... Naalala mo yung sinabi sakin nung Dinner natin kasama sila Kuya Angelo at Family mo?" Tanung ko.

Sandali syang tumahimik na parang nag-iisip. Hindi pwedeng hindi nya makalimutan yon. Dahil natadtad ng tanong ang isip ko non.

Sabi nya patawarin ko daw sila at malaki ang kasalanan nila sakin. Hindi naman nya nilinaw yun. Kaya hangang ngayon litong-lito ako.

Bigla nalang syang tumayo at diretsong nakatingin sa isang direksyon. Akala ko kung bakit kaya tumayo din ako. Pinagpag ko pa ang damit ko.

"Bakit?"

"C-cr lang ako." Paalam nya at mabilis na tumakbo paalis.

Sobrang obvious na umiiwas na naman sya sa mga katanungan ko. Nakaramdam ako ng inis. Badtrip kasi!

Kinuha ko nalang yung cellphone ko at tinignan ang oras. Mga-apat na oras na pala kaming nagku-kwentuhan ng mokong na yun.

Nakita ko si Felix na sisindihan na yung kumpol ng sanga sa gitna. Nagsisimula na rin kasing dumilim. Si Eman naman nagsimula ng ayusin ang lulutuin nya. Agad akong lumapit sa kanya para tumulong.

"Haba ng kwentuhan nyo ni Ci." Komento ni Eman habang inaabot sakin ang mga paper plates----para wala ng hugas-hugas, diretso nalang sa apoy.

"Daldal eh!"

Nag-nod lang sya at nagpatuloy na. Parang mga bakasyonista naman yung ibang Ulupong. Kakagising lang kasi mula sa pagkakatulog at todo inat pa.

Habang nagluluto si Eman, bumalik si Ci-N na humahangos at parang nakipag-karera. Pawis na pawis na hirap na hirap maghabol ng hininga.

"Anyare?"

"Laro tayo!" Aya nya habang nakangiti.

"*Umandar na naman ang pagiging bata.*"

"*Kala ko naman kung anu.*"

"*Ikain mo nalang yan.*"

Parang bata na nagpapadyak si Ci. Napataas ang isang kilay ko sa inaasta nya.

"Sige na! Nakita ko sila don sa hall! Naglalaro sila ng truth or dare!" Pagpipilit ni Ci.

"Sinong sila?" Tanung ni Calix.

"Edi yung mga kasali sa activity."

Yung mga ibang Section. Kami nga lang pala kasi ang hindi.

"Sige na! Please..." Pagpipilit ni Ci at tinignan ako na parang nakiki-usap.

"O-okay lang sakin. Wala naman masyado ginagawa." Sabi ko at tinignan yung iba.

Bored namang sumang-ayon yung iba. Tinignan ko yung Hari na sumang-ayon din. Si Yuri na ngumiti at nag-nod. Yung iba naman kamot ulo lang at halata'ng napilitan.

Kumain muna kami bago simulan ang larong gustong gawin ni Ci-N. Inayos din namin yung paligid. Nakapabilog kami sa bonfire.

May kinuha sila sa cooler na alak. Sabay-sabay pa silang tumingin sakin at bigla nalang nagtawanan.

Sige! Apihin nyo ko.

"Ha.ha.ha.ha." Sarcastic na tawa ko sa kanila.

"Ayos lang yan." Sabi ni David at ginulo ang buhok ko bago

umupo sa tabi ko.

"Eto na! Eto na!" Sigaw ni Ci-N kaya lahat kami tumingin sa kanya.

Inaalog nya ang isang bote ng Pepsi. Para bang tinatanggal nya yung spirit. Nakatingin lang kami sa kanya hangang sa buksan nya yun at haluan nya ng toyo.

"*Hoy! Ci-N!*"

"*Kadiri naman yan!*"

"*Sala-Ola!*"

"Kadiri ba? Eto lang naman ang iinumin ng hindi gagawin yung Dare o sasabihin ang Truth." Sabi nya habang binabalandra samin ang bote ng Pepsi na may halong toyo.

"Kadiri ka. Umpisahan na nga natin ng matapos na." Bored na sabi ni Josh.

"Explain the mechanics." Sabi ni Felix.

"Ganito..." Pinahawak ni Ci ang bote kay Drew na nasa tabi nya. **"...kakanta tayo habang pinagpapasa-pasahan ang bote. Kapag huminto ang kanta kung sinong matapatan ng bote, syang tatanungin ng Truth or Dare."**

"Bago'ng-bago ah?" Sarkastiko'ng komento ni Denzel.

"Umpisahan na!" Masayang sabi ni Ci at naupo sa tabi ko.

Kinuha nya ang cellphone at nagpatugtog ng kung anu-anu. Sinasabayan naman namin yun at minsan ay pumapalakpak pa.

Pinagpasa-pasahan ang bote. Merong mabilis magpasa at yung iba parang nanadya na bagalan bago ibigay sa katabi.

Bigla nalang namatay yung tugtog at huminto kaming lahat sa pagkanta. Huminto din ang bote kay....

Josh.

"**Truth or Dare?**" Sabay-sabay naming tanung.

"**Truth.**" Mabilis nya'ng sagot.

Ang katabi nya ang unang magtatanung sa kanya. Kapag walang tanung pwedeng mag-pass nalang para yung sunod na katabi ang magtanung.

Ayos tong laro na to!

"**Bakla ka ba?**" Diretsong tanung ni Blaster.

Malakas na tawanan ang sinagot naming lahat. Kung hindi ba naman abnormal. Bahagya akong tumingin kay Kit at Mayo pero nakikitawa lang din sila.

Hindi ako sigurado kung pinapakita lang nilang hindi sila affected o talaga'ng wala lang sa kanila.

"**Hindi.**" Casual na sagot ni Josh.

"**Bakit wala ka pa ring girlfriend?**" Tanung ni Drew.

"**Dahil sa kanya...**" Seryosong sagot ni Josh habang nakatingin sa apoy. "**...alam na siguro ng iba sa inyo yon.**"

Ako hindi pa!

Bigla nalang naging seryoso ang lahat. Wala akong alam sa sinasabi nila. Kaunti lang din kasi ang naririnig ko tungkol kay Josh.

Alam kong may sixth sense o third eye daw sya. Meron syang naging girlfriend pero namatay daw yun sa isang aksidente.

Hindi kaya yun ang tinutukoy nya?

"**Pero... Pre. Matagal na syang patay diba? Baka gusto mong mag-move on.**" Sabi ni Felix.

Sya nga yung tinutukoy nya. Mapait na ngumiti si Josh at umiling.

"**Madaling sabihin pero mahirap gawin.**"

Walang nagsalita samin. Sobrang nakakailang. Para bang nabuksan ang dating sugat at nilagyan ng asin. Kahit hindi sya magsalita, ramdam kong bumalik yung sakit na naramdaman nya nun.

"**Magtanung na kayo, para matapos na to.**" Basag nya sa katahimikan.

"**T-totoong my third eye ka?**" Tanung ni Mayo.

Hindi na nasunod yung hilera ng magtatanung. Para kasing ayaw na magtanung nung iba. Bahala na kung sinong gusto'ng mauna.

"**Yeah...**" Bored nyang sagot. "**...nasa lahi na yata namin yun. Kapatid, pinsan at tito ko meron. Parents ko lang ang wala.**"

Nagtaas ng kamay si Ci-N. "**Anu yung unforgetable na nakita mo?**"

Sandaling sumeryoso si Josh at tumitig kay Ci. Para bang mali yung tinanung nya o dapat hindi yun ang tinanung nya.

"**Kamatayan ng isang tao.**" Diretsong sagot nya na nagpakilabot sakin ng husto. "**...At ayoko non.**"

Shit lang! Kawirduhan level: 10000.

"**Damn! That was creepy.**" Komento ni Eren.

"**Ako may tanung.**" Sabi ko na umagaw ng atensyon nila.

Tinitigan ako ni Josh. Kita ko din ang halong galit sa mga mata nya. Ayoko sana itanung to sa harap nila pero wala naman akong pagkakataon na makausap sya ng sarilinan.

"**Bakit ka nagagalit sakin?**"

Lumipat ang tingin nila sa kanya. Hinihintay nila ang isasagot nya. Ganun din ako. Alam ko naman, pansin din nila ang bigla-bigla'ng pagsusungit nya sakin.

"**Simple lang... Nasisira ang Section namin dahil sayo.**"

"**Josh!**" Halos sabay na sigaw ni Yuri at iba pa.

Hindi ako nasaktan sa sinabi nya. Wala ding naging epekto sa nararamdaman mo. Alam ko na yun, una pa lang.

"**Totoo naman... Ginugulo mo kami.**" Dagdag nya pa.

"**Enough!**" Nag-echong sigaw ni Keifer.

Lahat kami sa kanya tumingin. Grabe! Kuya Angelo lang? Masama ang tingin nya kay Josh at ganun din to sa kanya. Ngayon ko lang nakita na tumingin ng ganyan si Josh sa kanya. Eto lang din ang unang beses na mukang lalaban sya ng titigan.

Angas ah!

"**Kung wala na kayong itatanung kay Josh, bumalik na tayo sa laro.**" Sabi ni Yuri at muli kaming umayos ng upo.

Hindi ko alam kung saan kami dadalin ng laro na to. Pero malakas ang kutob kong hindi to matatapos ng walang nangyayaring gulo.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 180

Author's Note:

Thank you po sa book cover. mysteriouslydeep

No more secrets

Jay-jay's POV

"**...Mag-twerk it like miley ka!**" Sigaw ni Ci-N kay Blaster.

Patuloy pa rin kami sa paglalaro ng Truth or Dare. Sa kabutihang palad hindi pa ko nahihintuan ng bote. Pang -pito na si Blaster sa nahintuan ng bote ngayon.

Mukang nagising naman ang diwa nung ibang inaantok at ginanahan maglaro. Malakas ang kantyawan nila. Lalu na nung sumayaw si David ng Budot Dance.

"**Sayaw na!**" Sigaw ni Felix na nakahanda na ang cellphone sa pagkuha ng video.

Walang nagawa si Blaster kundi ang mag-twerk. Malakas ang tawanan namin dahil para lang siyang nirarayuma sa balakang. Ang tigas ng sayaw nya.

"**Tama na nga! Nakakapikon yung sayaw mo!**" Sigaw ni Calix na nakatawa.

Kamot batok naman na tumigil sa Blaster. Balik siya sa upuan at sinimulan na naman ang pasahan ng bote at kantahan.

At kundi ba na nanadya ang mga Gago. Binilisan nila ang kanta at biglang huminto paglipat sakin ng bote.

Hinayupak!

Nagpapalakpakan pa ang mga herodes habang malakas na tumatawa. Sinadya nila to, SINADYA! Mga talipandas! Kanina pa nila gustong pahintuin ang bote sakin pero laging natatapat sa mga katabi ko.

"**Ako una magtatanung?!**" Sigaw ni Rory habang nakataas ang kamay.

"**Teka! Hindi pa ko nakakapili kung Truth or Dare!**" Reklamo ko.

"**Handa ka bang magsayaw kagaya ni Blaster?**" Tanung ni Felix.

"**Sabi ko nga... Truth na nga!**"

Peste tong mga to. Hindi man lang ako binigyan ng choices. Pero mas okay na yung Truth baka kung anu ipagawa nila sakin kapag nag-Dare ako.

Hinintay namin yung tanung ni Rory. Kayalang ang walang hiya inuna pa ang pagtawa kaya muka kaming tanga na nakatingin sa kanya.

"**Jay...**" Panimula nya habang tumatawa pa rin. "**...ilang beses na kayo nag-kiss ni Keifer?**"

Ay putana!

Minsan talaga, masarap manapak ng kaibigan. Yung mga kaibigan na malakas ang trip sa buhay. Sa sobrang lakas ng trip pati ikaw idadamay. Ang mga kapwa naman nya Ulupong malakas ang tawanan.

"**Animal ka!**" sagot ko sa kanya.

"**Hindi yan ang sagot.**" sabi ni Ci-N habang nakatawa sakin.

Parang tanga!

Bakit ko sasagutin 'yon? Abnormal ba sila? Kung hindi ko tropa 'tong mga 'to mababastos siguro ako. Pasalamat nalang sila at alam ko na mga ugali nila.

"**Ayaw sagutin. Iinumin ni Jay-jay yung Pepsi.**" sabi ni Edrix.

"**Ay ayoko!**" mabilis kong tanggi. "**...Parang tanga naman kasi yung tanong niyo!**"

"**Si Keifer na lang tanungin natin.**" sabi ni Denzel at lahat kami tumingin sa kanya.

Naka-cross arm lang siya habang bored na nakatingin samin.

"**May ginawa na ba kayo ni Jay-jay?**" tanong ni Drew.

Ay Gago!

Ang bored na itsura niya, unti-unting napalitan ng ngiti. Diretso ang tingin niya sakin at para bang nagyayabang.

Subukan mo lang banggitin yang *New Year anu-han* natin! Lilipad 'tong bote ng Pepsi palapit sa muka niya.

"**Ang ganda ng ngiti... Mukang may something.**" pang-aasar ni Calix.

"**Wala!**" sigaw ko.

Ang lakas kasi maka-gago ng ngiti ni Keifer. Busit! Isama pa yung mayabang niyang tingin. Para na rin siyang nagbigay ng clue.

"**Sagutin mo na lang kasi ang tanong namin.**" sabi ni Rory.

"**Hanggang halik lang! Wala pa nga akong experience!**" pasigaw kong sagot at nagtawanan sila.

Mali yata na sinabi ko pa ang huling parte. Mas lalong lumakas ang tawanan nila at malamang na asarin na naman nila ko. Ramdam ko ang pag-init ng pisngi ko kaya yumuko ako.

Sobrang nakakainis!

Ngayon ko ramdam ang hirap ng nag-iisang babae sa Section namin. *Badtrip! Badtrip! Badtrip!*

"**Naghanap ka pa ng birhen kagabi. Sana pala sarili mo nalang inalay mo.**" sabi ni Blaster at tumawa ng malakas.

"**Ako naman magtatanong.**" sabi ni David.

Bahagya akong tumingin sa kanya habang nakayuko. Nakangiti siya kahit na mababakas sa muka ang pagiging seryoso niya.

"**Kung wala ba si Keifer. May pag-asa ba ko sa'yo?**" tanong nya.

Mas lalung nag-init ng pisngi ko. Napaiwas ako ng tingin kasabay ng malakas na tibok ng puso ko. Ramdam ko ang titig sakin ni

Keifer at Yuri.

Hindi ko alam kung bakit, pero kinakabahan ako ng sobra sa tanung nya. Naghihintay din ng sagot yung iba.

Sa totoo lang hindi ko masagot kahit sa sarili ko lang. Mabait sakin si David, kasama namin sya ni Ci-N sa mga kalokohan. Nililibre nya kami kahit walang espesyal na okasyon. Kahit seryoso'ng seryoso ang muka nya, ramdam kong nage-enjoy din sya'ng kasama kami.

Pero kahit saan ko tignan, parang wala naman ibang meaning ang mga yun. Magkaibigan lang kami at ganun din naman ang tingin nya sakin.

Kung sasabihin kong *hindi*, baka sumama ang loob nya sakin. Kung sasagot naman ako ng *Oo*, hindi rin naman ako sigurado at baka umasa sya.

Bigla nalang syang tumawa kaya napatingin ako sa kanya. "**B-bakit?**"

"**Hindi mo naman kailangang seryosohin yun.**" Sabi nya kaya medyo gumaan ang loob ko.

Tumawa nalang ako kahit pilit. "**W-wala... Eh Ulupong ka din kasi.**"

Nakitawa naman bigla ang mga pesteng Ulupong kahit halatang plastic yung iba. Napailing nalang si David sa mga pinag-gagagawa nila. Ang lakas kasi ng mga tama nila sa utak.

"**Anu yung Ulupong?**" Tanung ni Ci-N na nasa tabi ko.

Nga-nga!

Hindi nga pa nga pala nila alam na sila ang mga tinutukoy kong Ulupong. Baka magalit sila sakin kapag nalaman nila yun.

"**A-anu... Ahas talaga ang meaning non pero... samin ginamit ng mga matatanda yun para ibansag sa mga luko-luko.**" Paliwanag ko.

"**What the...**" Bigla'ng sabi ni Keifer. "**...You called me *Hari ng mga Ulupong*.**"

Taka namang napatingin sa kanya yung iba. Hindi ko pa nga pala sinasabi sa kanya ang meaning nun. Akala ko kasi nakalimutan na nya na sinabi ko yun. Nagpilit ako ng ngiti at baka sakaling madaan sa pagpapa-cute.

Yun eh, kung cute nga!

"**...So you mean Hari ako ng mga Luko-luko?!**" Inis na tanung nya.

Mas nilakihan ko pa ang ngiti ko. Labas gilagid kung kailangan. Kayalang mukang hindi gumagana, masama na kasi ang tingin nya sakin.

"**H-hindi naman sa----**"

"**Teka lang!**" Putol ni Felix sa sasabihin ko. "**...Kung si Keifer ang Hari. Kami ba yung *MGA* luko-luko?**"

Lagot!

Titig na titig ako sa kanila. Hindi ko magawang ikurap ang mata ko. Nag-aalangan akong umo-o dahil paniguradong magagalit sila sakin at gagantihan nila ko.

Bakit ba kasi nagbansag ako ng ganun sa kanila?

"**Kami nga ano?! Tama ako!**" Sigaw ni Felix.

Napayuko nalang ako sa kahihiyan.

"*Luko ka Jay!*"

"*Ganda ng bansag mo samin.*"

"*Ulupong pala ah!*"

"*Yari ka samin.*"

"**J-joke lang naman yun ih!**" Paliwanag ko.

"**Naku! Tsk! Tsk!**" Sabi ni David at halatang nananakot.

Wag kang ganyan uy! Wag ka nananakot. Masama yan, lalu na sa mga taong takot na.

"**Dahil dyan... Kailangan mong sagutin lahat ng magiging tanung namin.**" Sabi ni Ci.

"**Diba nagtanung kana?**" Tanung ni Drew sa kanya.

"**Hindi counted yun.**"

"**Wag ka madaya!**" Sita sa kanya ni Denzel.

"**Basta hindi counted yun!**" Pagpipilit nya at humarap sakin. "**...sabihin mo! Sinong pinaka-gwapo samin?**"

"**Ay naku Ci! Alam mo na ang sagot dyan. Syempre ako!**" Sagot ni Calix.

"**Ha?! Saang banda?!**" Tanung Rory habang sinisipat ang muka nya. "**...wag kang bulag Brad. Kaharap mo na ang pinaka-gwapo.**" Patukoy nya sa sarili nya.

At nagsimula na nga ang payabangan. Hindi ko na nasagot ang tanung dahil pinipilit nila na ang mga sari-sarili nila ang *pinaka-gwapo.*

Wala eh! Ga-gwapo nila. Kahiya!

"**Wag na nga yang tanung na yan!**" Inis na sabi ni Yuri. "**...nagkakagulo lang kayo.**"

"**Sige, iba nalang.**" Sabi ni Ci. "**...sino nalang pinaka-panget.**"

Mabilis ang turuan ng mga walang hiya. Kanya-kanya'ng tapat ng daliri. Meron pang aksidenteng dumiretso sa butas ng ilong.

"*Wag ka pa-humble, umamin kana.*"

"*Hindi pre... Umamin kana noon.*"

"*Wag kana magsalita. Kita'ng kita naman.*"

Sa dami ng turuan nila, majority ang daliring naka-turo kay Ci-N. Kaya ganun nalang ang laking sibangot nya sa lahat.

Nice! Kawawang Ci.

"**Maka-turo ng panget...**" Sabi nya at kumapit sa braso ko. "**...Jay-jay oh! Inaapi nila ko.**"

Parang bata na nagsumbong sa magulang ang itsura nya. Napangiwi ako sa ginawa nya. Muka ba akong magulang nya?

"**Ako naman magtatanung.**" Sabi ni Kit at nalipat ang atensyon sa kanya. "**...Yung peklat sa likod mo. Saan mo nakuha yon?**"

"**Anung peklat?**"

"**What?**"

Halos sabay na tanung ni Yuri at Keifer. Hindi nga pala nila alam ang tungkol don. Hindi naman sila sumama sa munting swiming namin.

Walang nagsalita. Lahat nakatingin sakin at hinihintay ang isasagot. Kaibigan ko silang lahat. Sa totoo lang dapat meron din silang alam sakin, pero kahit anung gawin ko andun pa rin yung takot. Yung takot sa kung anung iisipin nila tungkol sakin.

"**Jay-jay...**" Tawag sakin ni Keifer.

Nayuko lang ako at nakatingin sa mga kamay ko. Pinaglalaruan ko yon at paminsang tinatago sa likod ko.

"**N-nung bata kasi ako...**" Panimula ko. "**...nagising ako sa ospital.**"

Hindi ko alam kung dapat ko pang ituloy. Hindi sa takot akong uminom ng Pepsi na may Toyo, mabigat lang kasi sakin.

Sobrang bigat.

Pero malaking bahagi ko ang nagsasabi na magsalita na ko. Kaibigan ko naman sila at halos pamilya na rin ang turing ko. Wala

naman sigurong masama kung magsasalita ako ng tungkol sa nakaraan ko.

"**...Hindi ko alam kung anu yung totoong nangyari sakin. Ilang beses nila kong tinanung at nagbanggit sila ng mga pangalan----pero wala akong kilala sa mga yun...**" Pagpapatuloy ko. "**...marami akong sugat sa katawan----kasama na yung sugat sa likod. Matagal bago ako lumabas pero sa halip na iuwi nila ko kay Mama, inuwi nila ko kay Lola...**"

Napabuntong hininga ako. Sobrang bigat sa pakiramdam kapag naalala ko yung panahon na nasa ospital ako. Walang araw na hindi ko hinintay si Mama na dalawin ako at kamustahin ako. Pero wala na yatang mas sasakit pa nung sinabi nila sakin na ayaw talaga nya kong dalawin.

"**...pag-uwi ko, dun ko lang nalaman yung nangyari sakin. Naririnig kong pinag-uusapan ng mga Tito at Tita ko. Binugbog daw ako ng huling asawa ni Mama. Tapos pati pala yung mga naunang asawa nya ganun din yung ginawa sakin...**" Kusang bumagsak ang luha ko. Hindi ko na napigilan pa. "**...pero ang nakakapag-taka don. Wala akong maalala sa mga sinasabi nila. Kahit isa... Sinubukan kong isipin yung mga binanggit nilang pangalan...**" Umiling ako kasabay ng pagbutong hininga. "**...pero wala talaga.**"

"**Episodic Amnesia...**" Biglang sabi ni Josh kaya tumingin kami sa kanya. "**...Yun yung pagkawala ng piling bahagi ng ala-ala. Pwedeng bumalik, pwede ring hindi na.**"

"**H-hindi ko alam.**"

"**Nagpatingin ka na ba ulit sa doctor?**" Tanung ni Yuri.

Umiling ako. "**Hindi na rin kasi namin napag-usapan ni Lola yun. 9 years old pa lang ako nun. Masyado ng matagal.**"

"**Kung sinasaktan ka pala nung mga amahin mo. Hindi kaya... Pinaso ka ng plantsa sa likod?**" Sabi ni Mayo.

Ganun nalang ang kaba sa sinabi nya. Panu nga kung ganun?

Nakaramdam ako bigla ng takot. Hindi ko alam kung bakit pero kakaiba yung takot sa loob ko, para bang matagal ng naka-kubli.

"**Sira ulo pala yung Stepdad mo eh!**" Galit na sabi ni Ci. "**...Wag syang papakita sakin!**"

"**Oh anung gagawin mo?**" Naghahamon na tanung ni David.

"**Hi Stepdad!**" Sabi nya habang kumakaway at nakangiti.

Nagtawanan naman kami sa ginawa nya. Kala ko kung anung gagawin nya. Ang yabang-yabang pa ng pagkakasalita nya. Kahit papano gumaan ang pakiramdam ko. Ang lakas talaga nya makabasag ng drama.

"*Sira-ulo ka Ci-N!*"

"*Tapang-tapang tapos Hi!*"

"*Kahit kelan Ci-N!*"

"**Malay ko ba dun! Hindi ko naman kilala. Syempre dapat babatiin ko muna.**" Palusot nya habang ngumunguso-nguso pa.

"**Tama na nga yan!**" Sigaw ni Blaster. "**Tuloy ang laro! Hindi pa ko nakaka-ganti!**"

Bahagya kaming nagtawanan. Muling umayos ng pwesto yung iba. Sinimulan ang kantahan at pasahan ng bote.

Habang kumakanta, pinagmamasdan ko sila. Madrama mang pakinggan pero natutuwa ako na dito ako napunta sa Section na to. May ilang beses na sigurong nasabi yun pero maraming beses ko talagang ipagpapasalamat yun.

Parte na sila ng buhay ko, pamilya na sila sakin.

Bigla nalang yumakap si Ci-N sakin. Taka akong napatingin sa kanya.

"**Wag ka mag-alala... Pagtatanggol kita sa *Stepdads* mo na yun.**" Sabi nya.

Stepdads talaga?

"**Sige... kapag nagkita kami ulit.**" Sagot ko at ngumiti.

Ngumiti sya sakin at bumalik sa pwesto. Huminto ang pagkanta at agad naming hinanap ang bote. Ganun nalang ang gulat ko ng mapunta yon kay Yuri.

"**Truth or Dare?!**" Sabay-sabay nilang tanung.

"**Truth.**" Mabilis nyang sagot.

Pakshit!

Bakit yun pinili mo? Malakas ang kutob kong tungkol satin ang itatanung nila. Alam ko na din na alam nya yun!

"**Ako muna!**" Sabi ni Rory. "**...Kelan ka pa nagka-gusto kay Jay-jay?**"

Sabi na nga ba!

"**Hindi ko alam... Siguro nung may ilang linggo na sya satin.**" Casual nyang sagot.

"**Alam mo din ba na may gusto si Keifer sa kanya?**" Tanung ni Mayo.

"**Oo... Kita naman kasi.**" Sagot nya at ngumiti.

Bakit parang kampante ka pa? Bigla nalang akong nakaramdam ng mabigat na presensya sa likod ko. Pagtingin ko, pailalim na nakatingin sakin si Keifer.

Agad akong tumayo at lumapit sa kanya. Hinawakan nya ko sa kamay kaya napatingin ako don. May kung ano sakin ang nakaramdam ng kakaiba. Para kasing nagagalit sya kahit kita naman ang pagiging mahinahon nya.

Bumalik ang tingin ko sa kanila ng nagpatuloy sila sa pagtatanung kay Yuri.

"**Anung balak mo ngayon? Kay Keifer na si Jay-jay.**" Tanung ni Kit.

Kita ko ang pagtiing bagang nya. Pinilit nyang ngumiti para itago yon. Bigla nalang syang tumingin sakin at kasabay nun ang paghigpit ng hawak ni Keifer sa kamay ko.

"**Keifer don't own Jay-jay... Hindi pa sila kasal.**" Mayabang na sagot nya.

Handa na sana akong magsalita para patigilin sila pero may nauna sakin, na sya ring naging dahilan ng pagkabigla ng bigla.

Hindi!

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ++

Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 181

Author's Note: Thank you po sa mga cover na itey Trisha Marie Rizon. Little_87

Midnight Convo

Jay-jay's POV

Naging mabait sakin ang buong Section E-----kahit puro sila kalokohan. Meron din naman akong nakaka-away bukod syempre kay Keifer at Yuri.

Si Eman noon, dahil pinaki-alaman ko yung gamit nya. Mabilis din naman kaming naging okay dahil sa pagtulong namin sa resto nila.

Si Felix, dahil syempre sa nangyari kila Aries at Percy. Naging ayos din kami ng tulungan ko syang makabalik sa basketball team.

Si Blaster, ng minsan kaming magkapikunan sa group activity pero nabawi din agad yon.

Si Mayo, dahil don sa lintik na kapour at parkour at dahil din syempre sa pagtangkang paghalik sakin ni Kit. Seloso eh! Naging okay din kami, matapos ko syang suntukin.

At ngayon, mukang meron akong bagong kaaway. Kontra sakin at parang may sama ng loob. Pero hindi ko alam na aabot kami sa ganito.

"**Kelan mo balak sabihin samin ang tungkol sa inyo?**" Tuloy-tuloy na tanung ni Josh.

"**Tungkol saan?**" Tanung nila Edrix halatang naguguluhan.

"**What are you talking about?**" Balik na tanung ni Yuri sa kanya.

Sobrang bilis ng tibok ng puso ko. Paulit-ulit na naglalaro sa isip ko kung alam ba ni Josh yung tungkol sa engagement namin.

Imposible!

Panu nya malaman yun? Sinugurado namin na walang makaka-alam nun. Unless nalang kung...

"**Narinig ko kayo...**" Tumayo sya at tumingin sakin bago ibalik kay Yuri ang paningin. "**...kelan nyo sasabihin sa lahat na engage na kayo?**"

"*Anu?!*"

"*Totoo ba yun?*"

"*Kelan pa?!*"

"*Niloloko nyo ba si Keifer?*"

Sunod-sunod silang nagtayuan at agad na nagpalipat-lipat ng tingin samin ni Yuri. Hinihintay kung may sasagot kahit isa samin.

Kingina naman!

Tinignan ko si Josh na may pakiki-usap pero inirapan lang nya ko. Anu bang nagawa ko sa kanya? Bakit ganun nalang ang galit nya sakin? Sobra ba kong nakagulo sa Section nila para magalit sya sakin ng ganito?

"**Anu?! Wala bang sasagot sa inyo?!**" Galit na tanung ni Felix.

Hindi ako makasagot. Wala akong maisip na sabihin. Kasi totoo yun! Totoo yung engagement na yun pero pinili naming ilihim sa kanila.

"**Keifer! Wala ka man lang bang sasabihin?!**" Inis na tanung ni Rory sa kanya.

"**That engagement is a deal between there family. Jay-jay and Yuri has nothing to do with it. End of discussion.**" Mahinahong sagot nya.

"**Syempre alam mo... Pwede ba namang hindi.**" Sarcastic na sabi ni David.

Agad syang tinignan ng masama ni Keifer. Humakbang sya palapit kay David kaya naman agad akong pumagitna.

"**Keifer! Tumigil ka!**"

"**Don't you dare talk to me like that. You think i'm stupid?!**" Galit na bunton nya kay David. "**...I know what your doing behind us. I know your working for Percy!**"

"**Anu?!**" Galit na sigaw ni Felix at agad na lumapit kay David. "**...may contact ka kay Percy?! Totoo ba yun?!**"

"**Tangina! Anu pang hindi namin alam?!**" Galit na sabi ni Drew.

"Bakit hindi ikaw ang sumagot nyan?!" Sigaw sa kanya ni Denzel. **"...akala mo ba hindi namin alam na nagsusugal ka na naman?!"**

"Wala kang paki sa bagay na yon! Unahin mo yung asawa't anak mo na hindi mo naman kayang panindigan!"

Agad na lumipad ang kamao ni Denzel sa muka ni Drew. Pumagitna si Mayo sa kanila para awatin sila.

Nagkakagulo na naman sila. Kanya-kanya ng awat sa mga nag-aaway. Nayakap lang ako kay Keifer na pilit nakikipag-talo kay David kasabay ni Felix.

"Wag ka nga magmalinis! Baka nakakalimutan mo yung mga pinag-gagawa mo!" Sigaw ni David kay Keifer.

Hindi na nagpa-awat ang Hari at tuloy-tuloy na lumapit kay David para makipag-suntukan. Napunta ko sa gitna. Hindi ko na alam ang gagawin ko. Lahat sila nagkaka-gulo na naman. Kanya-kanya ng gulo at awat.

Ganun nalang ang panlulumo ko. Kasalanan ko to. Wala ng dapat ibang sisihin dito kundi ako. Hindi naman sila magkakaganito kundi dahil sakin.

"Kasalanan mo to! Umalis kana sana sa Section namin nung may pagkakataon ka pa!" Galit na sisi sakin ni Josh.

K-kasalanan ko.

Gusto kong sumagot sa kanya. Gusto kong ipagtanggol ang sarili ko sa mga pinag-sasasabi nya. Pero wala akong ibang nagawa kundi ang tignan sya habang kusang bumabagsak ang luha ko.

"Wag mong pagsasalitaan ng ganyan si Jay-jay!" Galit na sigaw ni Ci-N bago sumugod kay Josh.

Nagsusuntukan na rin silang dalawa. Pinilit ko silang pigilan pero tinulak lang nila ko palayo. Napaluhod nalang ako sa panlalambot.

"Tama na..." Halos wala ng lumalabas na boses sakin pero

kailangan ko silang patigilin. "**...Tama na! Please!**"

Wala pa ring nakikinig. Huminga ako ng malalim para pigilin ang pag-iyak ko. Umayos ako ng tayo para makita silang lahat. Kailangan na nilang huminto.

Tama na! Huminto na kayo!

"**Tumigil na kayo!**" Sigaw ko pero wala pa ring pumapansin sakin. "**UTANG NA LOOB! TAMA NA!**" Buong lakas kong sigaw.

Unti-unti at pa-isa-isa tumitigil sila at humaharap sakin. Pinunasan ko ang mga pisngi kong basang basa pa rin ng luha.

"**Tignan nyo nga yung mga sarili nyo!**" Sabi ko at tinignan sila. "**...Ang babaw ng mga pinag-aawayan nyo!**"

"**Hindi mo kasi naiintindihan.**" Mahinahong sabi ni Felix pero bakas pa rin ang sama ng loob.

"**Edi ipaliwanag mo! Ipaintindi mo!**"

"**Jay-jay... Sorry kung nadamay ka pa sa gulo namin----**"

Agad kong pinutol ang sasabihin ni Yuri. "**Hindi! Kung tutuusin tama si Josh... Ako yung dahilan kaya kayo nagkakagulo.**"

"**Hindi ganun yun!**" Pilit ni Calix.

"**Ayan po sila!**" Sigaw ng kung sino.

Napatingin kami sa flashlight na palapit samin. Pinatay yon ng may hawak ng makitang maliwanag naman dahil sa bonfire. Naging dahilan yon para makita namin kung sino sila.

Si Sir Alvin kasama ang dalawang organizer at dalawang taga-Section A. Inayos ko ang sarili ko dahil baka mahalata nilang nagkakagulo kami.

"**Section E... Anung nangyayari dito?**" Mahinahong tanung ni Sir Alvin.

Walang nagtangkang sumagot. Kanya-kanya ng iwas. Si Yuri lang ang malakas ang loob na lumapit sa kanila. Ilang syang ngumiti at naghimas ng batok.

"**K-kaunting kaguluhan lang po. Alam nyo na... kaunting kulitan tapos may nakapikunan.**" Palusot nya.

"**May nagsabi samin na nag-aaway-away daw kayo.**" Sabi ni Sir Alvin at tinignan kaming lahat.

Tumingin samin si Yuri na halatang nanghihingi ng tulong. Hindi namin alam ang isasagot sa kanila.

Mukang nahalata ni Sir Alvin ang problema. Humarap sya sa dalawang taga-Section A at sa dalawang organizer.

"**Mukang wala naman tayong dapat ipag-alala. Kaunting kaguluhan lang naman.**" Paliwanag ni Sir.

"**Pero Sir... Nag-aaway talaga sila kanina. Kanya-kanya'ng suntukan.**" Pilit nung isa'ng Section A.

Eto pala ang nagsabi sa kanila. Panu naman nila nakita yun? Wala naman akong nakita na may ibang tao kanina.

"**Buti pa... Mauna na kayo. Maiwan muna ko dito para kausapin sila at linawin yun.**" Suggestion ni Sir.

Kahit nag-aalalangan, pumayag pa rin yung organizer at taga-Section A. Umalis sila at naiwan nga si Sir Alvin. Nang masigurong malayo na sila, hinarap na nya kami at seryosong tinignan.

"**Explain what happen.**" Utos ni Sir kay Yuri.

"**Nagkapikunan lang po talaga. Naglalaro kasi kami kanina.**" Kamot batok na paliwanag nya kay Sir.

Tinignan nya kaming lahat at sakin huminto ang paningin nya. Napalunok nalang ako kasabay ng pagyuko. Alam kong muka akong ewan, dahil nga kakaiyak ko lang.

"**Mabuti pa magligpit na kayo at matulog. Itapon nyo yang mga**

bote ng alak." Utos ni Sir habang nakaturo sa mga basyo ng bote na pinag-inuman nila.

Buti nalang at si Sir lang ang nakakita non. Kung nagkataon na isa sa mga organizer yun, baka nalintikan na kami.

Tumulong ako sa paglilinis. Naging ilag sakin ang iba at meron namang hindi ako tinitignan. Kahit hindi pa kami tapos maglinis pero pinili kong bumalik sa tent ko at kumuha ng gamit.

Gusto ko ng maglinis ng katawan. Baka sakaling gumaan yung pakiramdam ko. Patakbo akong nagpunta sa CR, yun nga lang mahaba ang pila.

Nice!

Napilitan akong makipila. Pero sa bawat oras na nagtatagal ako dun, pakiramdam ko bumibigat lalo ang loob ko. Sa nalaman nila na yon, alam kong iiwasan na nila ko. Pakiramdam nila niloloko ko yung dalawa.

Engage na ko pero nagawa ko pa ring makipag-landian sa iba. Ang tanga-tanga ko kasi. Pumayag pa ko sa engagement na yan kahit hindi naman talaga ako sigurado sa nararamdaman ko. Naramdaman ko ang pamumuo ng luha sa gilid ng mata ko. Agad kong pinunasan yun bago pa bumagsak.

"**…totoo! Nagkakagulo talaga sila kanina!**"

Papatingin ako sa unahan ng pila. Ang lakas kasi ng boses nito, ang lakas din maka-agaw ng eksena.

"**Nag-susuntukan sila! Hindi nga lang namin maintindihan mga sinasabi nila!**"

Bigla nalang akong kinutuban sa narinig ko. Bakit parang kami yung pinag-uusapan nila? Bahagya akong nagtago sa likod ng babaeng nauuna sakin. Tinuloy ko ang pakikinig sa pinag-uusapan nila.

"**Anu pa bang aasahan mo sa Section nila?**" **S**agot ng kausap nya.

"Ang ga-gwapo sana... Mga basagulero lang."

"Sinabi mo pa!"

"Sayang nga si Grace... Dun pa napunta sa boyfriend nya. Wala naman saysay yun."

Alam kong si Denzel ang tinutukoy nila. Sanay na ko sa mga tsismoso at tsismosa. Pero kapag pala kaibigan mo na yung pinag-uusapan, maiinis at maiinis ka.

"Anu ginagawa nung nag-iisang babae sa Section nila?"

"Edi wala... Umiiyak sa gitna. Kasi nga hindi maawat yung mga classmate nya."

"Akala nya siguro masarap mapunta sa Section na yun. Hindi nya alam, impyerno yun."

Bahagya silang nagtawanan. Kahit gusto kong magpatol, wala naman akong gana. Masyadong mabigat ang nararamdaman ko ngayon para makipag-away pa.

Tiniis ko ang tsismisan ng mga babaeng nasa unahan. May ilang minuto pa kong nakapila don bago tuluyang makapasok sa loob para mag-shower.

Ayaw pa rin tumigil ng usap-usapan. Nag-uumpisa na kong marindi. Nagpapantig na ang tenga ko. Meron na ring dagdag bawas ang kwento nila na hindi ko alam kung saan galing.

Kingina! Tsismis pa!

Natapos ako sa pag-aayos at lumabas na. Agad na tumahimik ang mga nagtsi-tsismisan. Kuwaring patay malisya.

Ngayon deadma?!

Nagtuloy na ko sa labas. Mabigat ang bawat hakbang ko. Para bang ayaw pang bumalik ng katawan ko sa site namin. Hindi pa ko nakakalayo sa C.R ng mapahinto ako.

Meron kasing Nuno sa Punso----I mean, may taong naka-upo sa batuhan malapit sa kinatatayuan ko. Ng maramdaman nya ang presensya ko, tsaka lang sya tumingin sakin at agad na tumayo.

Meron na kong clue kung sino sya kahit madilim sa kina-tatayuan nya. Naglakad sya palapit sakin kung nasan ang liwanag. Hindi ako nagkamali ng makita ko ang malungkot nyang muka.

"**Jay... Sorry sa nangyari kanina.**" Sabi ni Yuri sakin.

Umiling ako. "**Hindi ka dapat mag-sorry. Kasalanan ko naman talaga.**"

Hinawakan nya ang kamay ko. "**Jay---**"

"**Let go of her hand.**"

Agad kong binawi ang kamay ko. Nakaramdam ako ng takot sa nagsalita na yun. Sabay kami ni Yuri na tumingin sa kanya. Sa galit ngunit pilit humihinahon na si Keifer.

Lumapit sya sakin at hinawakan ang kamay ko. Bahagya nya kong hinila papunta sa likod nya.

"**Yes they knew already that your engage, but that doesn't mean that you have the right to hold her hand in front of me.**" Maotoridad na sabi nya.

Napayuko nalang ako. Nahihiya ako kay Yuri. Sya dapat ang gumagawa nito dahil ang fiancé ko. Pero iba ang gumagawa dahil hindi sya ang mahal ko.

"**She's not your property.**" Buong tapang na sagot ni Yuri.

"**She.Is.Mine.**"

Nakaramdam ako ng tensyon sa pagitan nila. Ayoko ng away, masyado na kong pagod. Pilit kong hinatak ang kamay ni Keifer.

"**B-bumalik na t-tayo.**" Halos pabulong kong sabi.

Nagpalitan muna sila ng matalim na tingin. Para silang nag-

iispadahan sa mga tinginan nila.

Wag kang gigitna! Masasaksak ka!

"**K-keifer.**" Tawag ko.

Akala ko matagal pa ang gagawin nila na yon. Buti nalang at nagkusa din syang naglakad paalis. Nakasunod ako sa kanya habang nakahawak pa rin ang kamay nya sakin.

Sinubukan kong tignan si Yuri pero parang may sideview mirror itong si Keifer. Bahagya nyang hinila ang kamay ko bago ko pa man makita ng maayos si Yuri.

Hanep! Wala akong masabi.

Nang makalayo, buong lakas kong binawi ang kamay ko sa kanya. Agad nya kong tinignan ng masama.

"**Bakit kailangan mong gawin kay Yuri yon?**" Pilit kong pahinahon na tanung.

"**Now you're concern to him?**" Sarcastic na tanung nya.

"**Concern naman talaga ako sa kanya. Ang sakin lang nagkakagulo na nga tayo----**"

"**Pwes wag syang makigulo!**" Pasigaw nyang putol sa sasabihin ko.

Napatigil ako at takang nakatingin sa kanya. Alam kong galit sya, pero hindi ko maintindihan kung bakit kailangan nyang sumigaw.

"**Anu bang problema mo?**" Inis na tanung ko.

"**Wala... Bumalik na tayo.**" Mahinahong sagot nya sakin at naglakad pabalik sa site.

Naiwan akong nakatingin lang sa kanya. Malakas na naman siguro ang tama nya sa utak. Bumalik na rin ako sa site namin.

Naghahanda ng matulog yung iba pagdating ko. Merong nagliligpit pa rin at meron namang nag-uusap. Para akong biglang hindi nag-

exist. Wala pumapansin sakin.

Dumiretso ako sa tent ko at pinili nalang matulog. Hindi ako sigurado kung tatabi pa rin sakin si Ci-N. Nayakap ko nalang ng mahigpit si Snorlax.

Naiiyak ako sa sobrang bigat ng nararamdaman ko. Kasalanan ko kasing lahat to. Kasalanan ko kung bakit nagkakaganito sila. Kung nag-isip lang kasi bago nagdesisyon.

Walang utak Jay-jay!

Dala ng sobrang bagot at kakaiyak kusa nalang akong nakatulog. Bahagya akong nagising ng maramdaman kong may yumakap sakin.

Si Ci-N ang unang pumasok sa isip ko kaya hinayaan ko nalang sya. Bumalik nalang ulit ako sa pag-tulog. Kung pwede lang sana hindi na ko magising para matapos na ang problema.

Hindi pa nagtatagal ang tulog ko. Pakiramdam ko mga dalawa o tatlong oras palang ng magising ulit ako. May naramdaman akong mainit na hangin sa batok ko. Mahigpit din ang yakap sakin ni Ci-N. Wala na rin si Snorlax na kayakap ko kanina.

Pinilit kong umikot para tignan si Ci at baka ginagawa na naman nyang dantayan sa binti nya si Snorlax. Nanlaki ang mata ko ng makita ko sino ang nakayakap sakin at natutulog sa tabi ko.

Hindi ka si Ci-N!

Kinagat ko ang labi ko bago pa ko mapasigaw ng malakas. Bwisit kasi! Anung ginagawa ng Hari ng mga Ulupong dito sa tent ko?

Tinapik ko sya sa braso para gisingin pero walang talab yun. Balak ko na sana syang hampasin ng malakas pero tumigil din ako agad. Ngayon ko nalang ulit kasi napag-masdan ng maayos ang muka nya.

Bakit muka kang mabait kapag tulog?

Bahagya kong pinindot ang matangos nyang ilong. Walang naging

reaksyon ang katawan nya kaya napangiti ako. Matagal ko pang sinuri ang bawat kanto ng muka nya.

Ang kinis nya, nahiya yung pores sa muka ko. *Tinagyawat ka din kaya?* Parang mahihiya yung pimple tumambay sa muka nito. Ako kasi pa-isa-isa pero ang laki-laki. Buti nalang hindi nagmarka ng malalim sa muka ko yun.

Minsan ko lang syang nakita'ng pagpawisan husto. Pero sa halip na amoy pawis, mabango ang naamoy ko. Hindi kaya pabango ang mismong pawis nito?

Napatingin ako sa kilay nya. Naalala ko ng sinulatan ko ng marker ang muka nya. Kinapalan ko yung kilay nya. Kusang tumaas ang kamay ko para abutin ng muka nya. Ginamit ko ang daliri ko para hawakan at sundan ang guhit ng kilay nya.

Bumama ang daliri ko papunta sa ilong nya at bumagsak yun sa labi nya. Daig pa ng labi nya yung sakin, mapula at manipis. *Ilan na kaya ang nahalikan nyan?* Hindi ko inalis ang daliri ko sa mga labi nya. Ang lambot nun at parang alaga sa lip balm.

Nakaramdam bigla ng lungkot at parang kirot sa puso ko. Pag-naiisip ko yung mga naranasan nya, nalulungkot ako. Sana andun ako sa tabi nya nung mga panahon na yon. Handa akong damayan sya.

Ginamit ko ang mga kamay kong dantayan sa pisngi ko para mas matignan ko pa ng husto ang muka nya. Huminto ang paningin ko sa talukap ng mata nya.

Naalala ko yung tingin nya, yung nakakamatay at feeling mo aatakihin ka nalang sa puso kapag natignan ka ng matagal. Cold din sya tumingin minsan at parang magyeyelo ka nalang sa pwesto mo. Pero ang pinaka-gusto ko yung titig nya na parang pinapadalhan ako ng message gamit ang isip (may meaning na tingin).

Ang bangis nun! Pero hindi ko narereceive.

"Panu ka magmahal, Keifer?" Bulong ko para hindi sya magising.
"...ako? Hindi ko alam. Ngayon ko pa lang kasi naramdaman

to."

At hindi ko alam na ngayong mararamdaman ko to, may masasaktan din pala ako.

"**...parang hindi ko na kaya kapag nawala ka sakin.**" Dagdag ko.

Napatingin ako sa labi nya at parang kusa akong na-magnet non. Unti-unti akong lumalapit sa kanya. *Tulog ka naman kaya hindi mo to malalaman.* Kaunti nalang at mawawala na ang pagitan ng mga labi namin ng mapahinto ako.

Napansin ko kasi ang labi nya ay parang gumagalaw-galaw. Tinitigan ko pa yun at kita na parang ngumunguso sya.

Gising?

"**Keifer.**" Tawag ko sa kanya.

Hinintay ko kung gagalaw sya pero hindi. Tinignan ko din ang labi nya pero hindi na to gumagalaw. Tinitigan ko sya ng matagal hangang sa makumpirma ko ang hinala ko.

"**If you will kiss me... Do it now.**" Sabi nya na parang na-mamaos.

Napangiti ako at agad syang hinampas ng malakas sa braso. Dumilat sya at inis na tumingin sakin.

"**Impakto ka! Anung ginagawa mo dito?**" Inis na bulong ko.

"**Edi matutulog.**" Bored nyang sagot.

"**Bakit dito?**"

Bigla syang umiwas ng tingin at parang nanahimik. Kundi dahil sa kaunting liwanag galing sa bonfire na tumatagos sa tent ko, hindi ko mapapansin ang pamumula ng pisngi nya.

Si Keifer nag-blush? Weh?

"**Nami-miss na kasi kita.**" Halos pabulong nyang sabi.

Kusa nalang akong napangiti sa sinabi nya. *Kung alam mo lang.*

Namimiss ko na rin sya. Kahit araw-araw naman kaming nagkikita pakiramdam ko ang layo-layo nya.

"**I miss you too.**" Sabi ko.

Ngumiti sya sakin at niyakap ako. "**Please... Kahit ngayon lang. Let me kiss you passionately.**"

Bahagya akong natawa. Para kasi syang nagmamaka-awa. Magsasalita na sana ako ng makarinig kami ng kaluskos sa labas.

Para bang may tao na naglalakad. Humiwalay sakin si Keifer at sumenyas ng tahimik sa diliri nya. Nag-nod naman ako agad.

Bahagya nyang binuksan ang tent at sumilip. Medyo matagal sya don kaya kinutuban ako na may tao nga na naglalakad sa site namin.

Pero sino?

Biglang binuksan ni Keifer ang zipper ng tent at tuluyang lumabas. Nagsuot sya ng tsinelas at naglakad palapit sa duyan ni Yuri.

Para syang may hinahanap pero ng hindi makita, agad syang bumalik.

"**That is Yuri. Wala sya sa duyan at wala din ang cellphone nya.**" Sabi nya sakin.

"**Saan naman sya pupunta?**" Tanung ko at agad na kinuha ang cellphone ko.

Tinignan ko ang oras at nakita kong 12:14 AM na. Saan naman sya pupunta ng ganitong oras? Lumabas ako ng tent at akmang gigisingin yung iba pero hinawakan ako ni Keifer sa braso.

"**B-bakit?**"

"**Susundan ko si Yuri.**" Sabi nya at parang may iniisip.

"**Sasama ako.**" Sabi ko pero agad syang umiling sakin. "**...sasama ako.**"

"**Jay-jay...**"

"**Sige na.**" Pagpipilit ko.

Kahit labag sa loob, napilitan syang pumayag kasabay ng pagbuntong hininga. Ibinalik ko ang cellphone sa bag ko at kumuha ng jacket na my hood.

Kung saan namin susundan si Yuri? Hindi namin alam.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 182

A/N: NO EDIT!

Update po ng scoring ng games natin sa fb group.

Sa mga hindi po nage-gets... Meron po kaming simpleng laro sa fb group. Pwede po kayong mag-join. 😊😊😊

Bridge

Jay-jay's POV

Marahan ang bawat hakbang. Parang ninja at dapat walang

makakita. Nagkukubli sa dilim at halaman. Kaylangan walang makapansin.

"**What are you doing?**" Tanung sakin ng Hari.

Tinignan ko sya sa tabi ko. Nakatayo sya kung saan madali syang makikita ng kung sino. Samantalang ako, mala-ninja sa pagtago.

"**Wag ka tumayo dyan. Baka may makakita sayo.**"

Camouflage men!

"**Jay... It's midnight. Tulog na lahat ng tao.**"

May point sya don. Sino nga namang gigising ng ganitong oras---- except samin. Saang lupalop ba kasi ang punta nung Yuri na yon.

Napatingin kami sa hall ng makakita kami ng liwanag. Maliit lang yon at mistulang galing sa maliit ng flashlight. Meron din tila salamin na nagreflect sa liwanag

Gumalaw yung ilaw at dun lang namin nakita kung ano yon. Galing sa cellphone ang liwanag at yon ang hawak ni Yuri para liwanagan ang daan nya. Samantalang salamin naman nya ang mukang nagreflect sa ilaw kanina.

"**Ayun si Yuri.**" Bulong ko at akmang susundan sya pero hinawakan agad ako ni Keifer. "**B-bakit?**"

"**Masyadong malapit. Hintayin mo syang makalayo.**"

Ginawa ko naman ang sinabi nya. Daming alam nitong Hari ng mga Ulupong. Kusa din syang lumakad ng masiguro nyang okay na ang distansya namin.

Dumiretso sya sa likod ng hall kaya dun din ang punta namin. Isa lang ang naiisip kong pwede nyang puntahan don. Yung pala-isdaan kung saan may tulay papunta sa Gazibo sa gitna non.

Hindi nga ako nagkamali, hindi pa kami nakakalapit nakita na namin si Yuri at.... si Ella?

Napatingin ako kay Keifer pero wala syang reaksyon. Mabilis syang humanap ng pwede naming pagtaguan malapit sa pwesto nila.

Sa makapal na halamanan ako pilit pina-pwesto ng Kumag. Samantalang sya nakatayo sa likod ng puno. Tinignan ko sila Yuri pero mukang walang nagsasalita sa kanila.

"**Anu bang kailangan mo?**" Pambasag ni Yuri sa katahimikan nila. "**...Alam ba ni Aries to?**"

Umiling si Ella. "**G-gusto lang talaga kitang maka-usap.**"

Para saan?!

'*Yuri deserves to know the truth.*' --Ella (Chapter 174)

Eto naba yung pinag-uusapan nila ni Mica sa banyo? Magkikita daw sila. Ibig sabihin, eto nga yon. Pero anu yung Truth na yon? Tungkol saan yun? Nangangati din akong malaman kung anu yon.

Halo-halong pag-aalala at pangamba ang nararamdaman ko. Hati din ang isip ko kung dapat ba kaming makinig sa pag-uusapan nila. Malaking bahagi ko ang nagsasabing umalis na at wag makinig. Kakaiba din ang kutob ko.

Sosyaling instinct!

"**About what?! Hindi ba pwedeng pagbalik nalang natin sa school to?**" May halong inis sa tinig ni Yuri. Inayos nya ang salamin sa mata.

Naiintindihan ko sya. Sino ba naman kasi ang matutuwa makipag-kita ng 12AM? Kahit ako yata mababadtrip nito.

Dapat nga natutulog kana eh!

"**Yuri!**" Pasigaw na sabi ni Ella. "**...listen to me. Mahalaga'ng malaman mo to!**"

Hindi nagsalita si Yuri at hinintay ang sasabihin ng kausap. May ilang beses na yumuko si Ella at pinaglaruan ang mga daliri. Halata din na hindi sya mapakali.

"**Mahal mo na ba talaga si Jay-jay?**" Tanung nya.

T-teka!

Napabuntong hininga si Yuri at kita ko ang pagpipigil nya ng inis. Kuwari din syang tumawa.

"**You ask me to meet you for that?**"

"**Please answer it.**" Pakiki-usap ni Ella.

"**Yes, I do!**" Proud na sagot ni Yuri.

Tumingin ako kay Keifer pero nasa dalawa din ang tingin nya. Kahit nasa kanila ang atensyon nya hindi naman nya maitatago sakin ang pagkuyom ng kamao nya.

"**...at kung wala kana sasabihin. Aalis na ko.**" Dagdag nya at akmang lalakad paalis.

"**Yuri!**" Muling tawag ni Ella at kasabay nun ang pagtulo ng luha nya. "**...I'm sorry.**"

Huminto si Yuri ngunit hindi humaharap sa kanya. Hindi ko maintindihan, naguguluhan ako sa inaasta ni Ella. Bakit sya humihingi ng *sorry*? Dahil ba sinaktan nya si Yuri dati?

Para saan yun?

"**I lied----No! We lied to you.**" Umiiyak na sabi ni Ella at unti-unti humarap si Yuri.

"**W-what are you talking about?**"

"**Kinausap ako ng Mommy mo. Sabi nya layuan daw kita at hindi sya papayag na magkaroon tayo ng relasyon.**" Paliwanag nya habang patuloy sa pag-iyak.

"**I-i don't understand.**" Nalilitong sabi ni Yuri.

"**Sabi nya hindi daw ako bagay sayo. Sabi nya kung hindi daw kita titigilan hindi daw makaka-tuntong ang pamilya ko sa**

Korea. Natakot ako... natakot ako Yuri."

"**I don't get it! Cut the chase Ella!**" Galit na sabi nya.

"Ikaw ang totoong minahal ko hindi si Keifer!"

Shutanginames!

Parang may kung anung sumuntok sa dibdib ko. Ganun nalang ang bigat ng pakiramdam ko. Unti-unti kong tinignan si Keifer. Nakatalikod na sya sa dalawa at nakasandal sa puno habang nakayuko.

Hindi ko makita ng maayos ang reaksyon nya pero ramdam ko ang galit nya. Sarado'ng sarado pa rin ang kamao nya. Gusto ko syang lapitan at kausapin pero hindi ko alam ang sasabihin ko sa kanya.

Ngayon alam ko na ang lalim ng galit nya kay Yuri.

Muli kong tinignan yung dalawa. Walang nagsasalita, patuloy sa pag-iyak si Ella at halata ang pagkabigla kay Yuri.

Kaya pala, kaya pala ganun ang salita ni Ella nung andun sya sa kwarto ko. Para bang concern pa rin sya kay Yuri, kasi pala ganun. Hindi ako makapaniwala. Sobrang gulo ng nangyayari.

Anu ba talaga'ng totoo?!

"**W-why?**" Tanung ni Yuri. "**W-why are you saying this to me now?**" Bakas ang panlulumo sa boses nya.

"**Yuri...**" Sambit ni Ella.

"***Usotsuki!***" Galit na sigaw ni Yuri. "***Usotsuki!***"

(A/N: Usotsuki = Liar)

Hindi ko naintindihan ang sinabi nya. Kahit si Ella nalito rin sa nga binibitawan nyang salita. May ilang beses nasuklay ni Yuri ang buhok nya. Paikot-ikot din sya sa kinatatayuan na para bang sobrang lito'ng lito. Hinubad din nya ang salamin at hinawakan ang sintido.

"**H-hindi ko maintindihan... Yuri.**"

Lumapit si Yuri sa kanya at dinuro sya. "***Urusai!***"

(A/N: Urusai = Shut up)

"**Hindi ko maintindihan!**" Sigaw ni Ella sa kanya.

Hindi ka nag-iisa! Minumura ka ata!

Huminga ng malalim si Yuri at pilit pinahinahon ang sarili. May ilang beses din nyang tinakpan ang muka.

"**Bakit ngayon? Bakit ngayon mo lang sinabi? Bakit hindi noon?**" Mahinahong tanung nya kay Ella.

Bakit ngayon nga lang? Anung dahilan?

"**Dahil natakot ako... Alam mo namang naghihirap kami diba? Kung hindi makakabalik si *Appa* sa Korea, wala na kami.**" Paliwanag ni Ella at pilit pinunasan ang mga luha.

"**Kaya pinili mo kong saktan?**" Tanung nya at huminga ng malalim. "**...Tingin mo maniniwala ako sayo?**"

"**Yun ang totoo... Alam din ni Keifer yon. Kinausap din sya ng Mommy mo... At sinabi ko din sa kanya nung araw na binugbog ka nya.**"

Awtomatiko akong napatingin kay Keifer. Sa pagkakataon na to, nakatingin na sya sa ibang direksyon. Nakapamulsa at parang malalim ang iniisip.

"**Alam mo?**" Pabulong kong tanung.

"**I don't want to talk about it.**" Mabilis nyang sagot at nagbuntong hininga.

Bigla nalang nagbalik sa isip ko yung pinag-usapan namin ni Ci-N. Kung nakita naba nyang nagalit si Keifer.

****Flashback...**

*"**Ci…**" Tawag ko sa Bata'ng Kumag.*

*"**Hm?**" Sagot nya habang patuloy sa paglantak ng ice cream.*

*"**Nakita mo na ba'ng magalit si Keifer? Yung as in, galit na galit.**" Tanung ko sa kanya.*

Sya kasi tong mas matagal na nakasama si Keifer kaya hindi ko maiwasan na hindi itanung sa kanya.

*"**Oo naman… Maraming beses na.**" Sagot nya.*

*"**Talaga?**"*

*"**Oo… Pero yung hindi ko makakalimutan yung nagalit sya ng sobra kay Yuri.**" Sabi nya at huminto sa pagkain.*

Umayos din ako ng upo para makaharap sa kanya ng maayos.

*"**A-anu'ng nangyari?**"*

*"**Hindi namin alam yung dahilan. Basta galit na galit sya at ayaw tigilan ng suntok si Yuri. Si Ella naman iyak ng iyak nun at panay ang awat sa kanila.**" Paliwanag nya.*

(See Chapter 134: Anger)

EndofFlashback…

Yun ang tunay na dahilan. Galit na galit si Keifer dahil hindi pala sya ang mahal ni Ella. Kasi Yuri na naman ang gusto ng babaeng nagustuhan nya.

Parang hindi ko na kayang makinig pa. Gusto ko ng umalis pero ayaw naman gumalaw ng katawan ko. Muli akong napatingin sa kanila ng marinig kong isigaw ni Ella ang pangalan ni Yuri.

"Tama na!" Pasigaw na sagot ni Yuri.

Hindi ko maintindihan yung sarili ko. Para kasing may kumikirot sa puso ko habang pinapanood sila. Habang nakikita kong apektado sila'ng lahat ng nakaraan.

Kasi wala na dapat.

"Sagutin mo tanung ko! Bakit ngayon mo lang sinasabi to?!" Galit na tanung nya.

"Dahil.... Dahil hindi ko na kayang itago to sayo. Ang tagal kong umasa na kakausapin mo ko ulit, hinintay ko yon." Pinunasan nya ang luha nya sa pisngi. **"...kaya nga umalis ako sa Section E para makakilos ng maayos at makagawa ng paraan para maka-usap ka. Pero nilayuan mo ko."**

"Dahil wala ng dahilan para lapitan pa kita! Na kay Keifer kana! Girlfriend kana ng kaibigan ko!" Huminga sya ng malalim. **"...Alam mo ba kung gano kasakit sakin yon? Kung ilang beses kong hiniling na sana ako nalang si Keifer? Halos patayin ko yung sarili ko sa Kingsground."**

Bumagsak ang mga luha ni Yuri. Mas lalo pang bumigat ang dibdib ko sa itsura nya ngayon. Ramdam kong gusto nyang ilabas lahat ng galit nya kay Ella mula noon.

"...Sobrang sakit." Tinuro nya ang puso nya. **"...binago ko yung sarili ko. Naging ibang tao ako sa pagbabakasali na pipiliin mo din ako. Pero hindi pa din... Kasi si Aries naman ang ginusto mo!"**

"I'm sorry Yuri."

"Sorry?" Mapait syang tumawa. **"...may nabago ba yung *sorry* mo?"**

Sinubukang lumapit ni Ella sa kanya pero agad syang lumayo.

"Yuri... Please."

"Bakit? Ella, BAKIT?!" Sigaw ulit ni Yuri at bumagsak na naman ang mga luha nya. **"...Bakit hindi mo ko pinag-laban?"**

Kusa nalang bumagsak ang mga luha ko. Hindi ko maiwasan na hindi masaktan sa sinabi nya. Hindi ko din maintindihan kung bakit kailangan nya pang itanung yon.

Mahal mo pa rin ba sya?

"**Jay...**" Tawag sakin ni Keifer.

Agad kong pinunasan ang luha ko. Huminga din ako ng malalim para pagaanin ang bigat sa dibdib ko. Tinignan ko sya at nagpilit ng ngiti.

Huminga ng malalim si Keifer at muling humarap kila Ella. Kita ko ang biglang paglaki ng mata nya at pag-diretso ng tayo. Bumilis ang tibok ng puso ko at halos ayaw tumingin sa kanila. Sana mali ang iniisip ko.

Kusa at unti-unti'ng pumihit ang ulo ko na para bang may sariling isip. Huminto ang mga mata ko sa kanila.

Bakit kailangan kong makaramdam ng ganito?

May kung anu sakin ang gustong pigilan sila. Ang gustong paghiwalayin sila. Ang gustong paglayuin sila mula sa pagkakayakap sa isa't isa.

"**ELLA DIANNE!**" Nage-echo'ng sigaw ni....Aries.

Agad na naghiwalay sa pagkakayakap sila Yuri at Ella. Sabay kaming tumingin si Keifer kay Aries. Galit na galit ang itsura nya habang unti-unti lumalakad palapit sa kanila.

Agad akong lumabas mula sa pinagtataguan ko. Yun nga lang nawala sa isip kong hindi nga pala nila alam na andito ako.

Tinignan ako ni Yuri na puno ng pagtataka. "**Jay?**"

"**Ano to?!**" Galit na tanung ni Aries kaya lumipat lahat ng atensyon namin sa kanya. "**...Ano to Ella?!**"

Bakas ang takot sa muka ni Ella. "**A-aries... K-kasi...**"

"**Explain yourself, NOW!**"

Kahit ako nakaramdam na rin ng takot. Ngayon ko lang syang nakitang ganyan. Nakakatakot syang magalit.

Tropa-tropa talaga sila!

"**Aries... S-sinabi ko l-lang sa k-kanya yung totoo.**" Paliwanag ni Ella kasabay ng pagbagsak ng luha nya.

"**What for?**" Sandali syang tumingin kay Yuri bago ibalik ang paningin kay Ella. "**...May nararamdaman ka pa rin ba sa kanya?**"

Hindi nagsalita si Ella. Kahit ako hinihintay rin ang magiging sagot nya. Pero parang natatakot din ako marinig yun.

Yun ba yung dahilan?

"**ANSWER ME!**" Galit na utos ni Aries.

"**H-hindi... Hindi ganun yon.**" Sagot ni Ella habang pilit hinahawakan si Aries pero tinatabig lang nito ang kamay nya. "**Please... Aries.**"

Umiling si Aries at tumingin sa ibang direksyon. Kung paano ang pagkilos ni Yuri kanina ay sya na ngayong kilos nya. Iikot sa kinatatayuan at susuklayin ang buhok nya.

"**You told me before. You explain to me---clear to me that you will forget your feelings for him.**" Mahinahong sabi ni Aries habang nakaturo kay Yuri. "**...Then what the fvck is this?**"

"**Aries...**" Patuloy sa pagiyak si Ella.

"**Nakiusap ka sakin. Sabi mo iligtas kita kay Keifer dahil ayaw mong magaya kay Freya... Ibinigay ko ang gusto mo para maging masaya ka.**" Bigla nalang umiyak si Aries.

Mas masakit para sakin na makita syang ganito. Mas masakit kesa ng makita ko si Yuri at Keifer na umiiyak. Kadugo ko pa rin naman sya at minsan din kaming naging malapit. Kaya hindi ko pa rin maiwasan na hindi maapektuhan.

"**...Kapalit ang usapan natin na lalayuan mo na ang mga Section E na yan! Kakalimutan mo si Keifer at higit sa lahat ang nararamdaman mo kay Yuri!**" Huminga sya ng malalim.

"...Pero ano to?!"

Napaupo si Ella sa kakaiyak. Hindi sya makasagot at halos hindi na sya makahinga. Lumipat ang tingin ni Aries kay Yuri at walang pakundangan nya tong sinuntok.

Nabigla ako sa ginawa nya at agad na lumapit sa kanila para awatin sila. Bagsak si Yuri at akmang susuntukin na naman sya ni Aries ng humarang ako.

"**Umalis ka!**" Sigaw sakin ni Aries sakin habang pilit ko syang pinigilan. "**Umalis ka! Jay-jay!**"

Itinulak nya ko paalis at halos masubsob ako sa sahig. Nagsusuntukan na silang dalawa. Hindi ko alam ang gagawin ko at halos magpaikot-ikot ako.

Itulak mo sa fishpond!

"**Tama na! Anu ba!**" Sigaw ko.

Shit lang! Si Keifer. Agad akong tumingin sa punong kinatatayuan nya. Andun pa rin sya at parang nanunuod lang ng magandang eksena sa pelikula.

"**Keifer! Awatin mo sila!**" Utos ko.

Wala syang reaksyon na lumapit. Akala ko aawatin nila sila pero bigla nalang nyang sinunggaban si Aries ng suntok. Bagsak si Aries at halos mawalan ng malay.

Langya! Awatin, hindi banatan!

"**Aries!**" Sigaw ni Ella at agad na tumakbo palapit dito.

Sisigawan ko na sana sya pero napatigil ako. Magkaharap si Keifer at Yuri. Matalim ang palitan nila ng tingin at anu mang oras ay magpapalitan na rin sila ng suntok.

"**Alam mo... Pero wala kang sinabi sakin.**" Mahinahon na sabi ni Yuri.

"Para saan? Bakit ko pa sasabihin sayo?"

Parang nang-iinis ang tono ni Keifer. Gusto kong pumagitna sa kanila pero baka ako naman ang mapagbuntunan nila. Baka magatungan din ang away nila.

"Anung sinabi sayo ni *Hahaoya*?"

Huminga ng malalim si Keifer. Alam kong ayaw nyang sabihin. Pero bakit nga ba kailangan pang makialam ng Nanay ni Yuri?

"Ilayo ko daw si Ella sayo. That's all."

Tumingala si Yuri at huminga din ng malalim. Pumikit sya at kinagat ang labi. May ilang minuto din syang naka-ganun hangang sa....

"FVCK!" Malakas na sigaw nya at mabilis na naglakad paalis.

Susundan ko na sana sya pero nakita ko si Ella na umiiyak at patuloy sa pag-yugyog kay Aries.

Agad akong lumapit sa kanila. **"Aries."**

"Jay... H-hindi sya gumigising." Umiiyak na sabi ni Ella.

Tinignan ko si Keifer. Ganun ba kalakas ang suntok nya para hindi na magising si Aries.

"...Sabi nya hindi daw sya makahinga tapos nawalan na ng malay." Dagdag ni Ella.

Kinabahan ako, hindi ko alam kung anung sakit ni Aries pero alam kong may problema sya sa Baga.

"Keifer... Tulungan mo kami." Paki-usap ko.

Walang kahit na anong lumabas sa bibig nya. Binuhat nya si Aries ng buong lakas sa likod nya. Inalalayan namin sya at agad kaming dumiretso sa office ng mga organizer.

Hindi kagaya samin na tent ang tinutulugan, kwarto ang mismong

sa kanila. May bubong, pader, pinto, bintana at aircon.

May dayaang nangyayari dito!

Bago pa ko magreklamo tungkol sa itsura ng tinutulugan nila, malakas na kalampag sa pinto ang umagaw sa atensyon ko. Daig pa nila Ella ang may kaaway sa lakas ng kalampag nya.

Kahit yata sa katabing kwarto dinig ang kalampag nya na yon.

"**Tulungan nyo po kami!**" Sigaw pa nya.

Bumukas ang ilaw sa kwartong kinakalampag ni Ella at bumukas ang pinto. Nakasimangot na naka-tingin samin ang isa sa organizer.

"**Tulungan nyo po si Aries.**" Pag-uulit ni Ella at nagbago ang agad ang itsura nito sa pag-aalala.

"**Anung nangyari? Ipasok nyo sa loob! Tatawag ako ng ambulansya.**" Sabi ng organizer habang tinutulungan si Keifer na ipasok si Aries sa loob.

Huminto ako pagdating sa pinto. Magiging okay na si Aries. Tatawag na sila ng tulong. Hindi na siguro ako kailangan dito.

Agad akong tumalikod at tumakbo pabalik sa pala-isdaan. Sinubukan kong isipin kung saan pumunta si Yuri. Hindi sya dumiretso sa site namin, dahil parang lumiko sya.

Shit! LUMIKO SYA SA GUBAT!

Mabilis kong tinakbo yung parehong daan na tinahak nya. Madilim at halos wala akong makita pero kailangan ko syang puntahan. Mag-isa lang sya ngayon, walang kasama at walang pwedeng tumulong sa kanya.

Pero asan na sya?!

"**YURI!**" Sigaw ko pero tanging echo ko lang ang narinig kong sagot. "**YURI! SUMAGOT KA!**"

Wala pa rin akong naririnig na sagot mula sa kanya. Nagpatuloy

ako sa paglalakad. Hindi ko makita ng maayos ang dinadaanan ko kaya halos madapa ako.

Hangang sa meron maliwanag na bagay akong nakita. Agad kong tinakbo yun sa pag-aakalang si Yuri pero cellphone lang pala. Pinulot ko yun at tinignan.

Cellphone ni Yuri to!

Tama ang dinadaanan ko! Dito rin sya dumaan. Pwedeng nasa hindi kalayuan lang sya.

"**YURI!**" Muling sigaw ko.

Sa totoo lang natatakot ako pero mas natatakot ako sa pwedeng mangyari sa kanya.

Asan kana ba kasi?

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. 😈 + +

Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 183

A/N: NO EDIT!

Thank you po sa cover.



A.M.

Jay-jay's POV

"**YU----Aray!**" Bigla nalang akong nadapa.

Malas talaga!

Tumayo ako at pinagpag ang suot ko at ganun din ang kamay ko. Tinignan ko ulit ang paligid. Naliligaw na yata ako?!

Kinuha ko yung cellphone ni Yuri sa bulsa ko. Tinignan ko yung oras pero mas naagaw ng wallpaper nya ang atenyson ko. Picture naming dalawa yon pero hindi ako nakatingin sa camera, samantalang sya todo ngiti..

Mukang sa classroom to kinuhanan. Katabi ko kasi sya at mula sa anggulo at itsura ko, mukang may klase kami nung kinuhanan nya to.

Napangiti ako pero kasabay nun ang pagbagsak ng luha ko. Napaiyak nalang ako ng sobrang lakas. Para akong bata na napa-upo at napayakap sa tuhod ko.

Natatakot ako! Natatakot akong hindi na ulit makita yung ngiti ni Yuri.

"**Asan kana ba kasi?!**" Sabi ko at patuloy pa rin sa pag-iyak.

Bakit kasi ang gulo? Bakit ganito kagulo? Kala ko tapos na yung sa kanila nila Keifer at Ella pero bakit naungkat na naman? Hindi ko maintindihan.

Nakarinig ako ng naputol na sanga. Agad akong tumayo at pinunasan ang luha ko.

"**Yuri? Ikaw ba yan?**" Tanung ko at pilit sinilip kung saan ko narinig yon.

Lumakad ako palapit pero habang tumatagal wala naman akong nakikita. Bagsak ang balikat kong huminto.

"**Tang'na naman!**" Inis na sabi ko.

Muli akong humakbang para bumalik sa paghahanap pero kamalas-malasan. Bangin na pala ang katabi ko at dire-diretsong akong nahulog. Agad akong kumapit sa anu mang bagay na pwede kong

makapitan.

Salamat sa malaking ugat ng puno at nakaligtas ako. Sobrang bilis ng tibok ng puso ko. Pakiramdam ko, humiwalay ang kaluluwa ko sa katawan ko.

Shit lang! Near death experience?

Kasalanan to ni Yuri eh! Kingina kasi! Ang daming drama sa buhay. Kung bakit naman kasi sa gubat pa naisipang tumambay! Pwede namang sa hall o kaya sa site namin.

MULA-MULALA! Kainis!

Pinilit kong itaas ang sarili ko. Nang maka-pwesto ng maayos, sinilip ko yung ibaba. Ganun nalang ang inis ko ng makitang hindi naman pala kalaliman ang bangin. Maliit na ilog din ang nasa ibaba.

Kinapa ko ang bulsa ko para sana kuhanin ang cellphone ni Yuri pero wala na. Agad kong kinapa ang buong katawan ko pero wala akong mahawakan na cellphone.

Tengene nemen!

Tinignan ko yung paligid ko at kinauupuan pero wala din akong nakita. Hangang sa mapatingin ako sa baba.

Anu ba?!

Mukang nahulog yung phone sa bulsa ko at dumiretso sa baba. Buti nalang at hindi sa tubig nalaglag. Wala akong choice kundi ang bumaba don para kuhanin yun.

Kaasar naman kasi!

Dahan-dahan ang bawat hakbang ko. Mahigpit din ang kapit ko sa bawat ugat o sanga na mahawakan ko. Wala akong masyadong makita kaya mabagal ang kilos ko.

Nakarating ako sa baba. Muntik pa kong madulas dahil sa mga basang bato. Hinanap ko agad ang cellphone ni Yuri. Sayang to!

Iphone din to!

Nasa makapal na kumpol ng dahon ko nakita ang cellphone. Kinuha ko yun at pinagpag. Sinilip ko na rin ang oras na dapat kanina ko pa ginawa.

2:46AM na. Mag-uumaga na pero andito pa rin ako sa gubat at naghahanap sa kanya. Shutanginames kasi!

Mahanap lang kita! Yari ka talaga----.

Napatigil ako at natulala. May tao kasi, may tao na nakahandusay sa kabilang bahagi ng ilog. Alam kong tao yun kahit hindi ko makita ng maayos.

Si Yuri kaya?

Agad akong tumakbo palapit don. Sinulong ko ang ilog at hinayaang mabasa ang kalahati ng katawan ko para makatawid lang at mapuntahan yung tao.

Pero ganun nalang ang panlulumo ko ng ma-realize na hindi pala tao yon. Buko pala ang akala kong ulo, samantalang sanga naman na may nakapatong na tela ang akala kong katawan.

"**Pvta naman!**" Sigaw ko sa sobrang inis.

Naiiyak na naman ako pero hindi na dahil sa takot kundi sa sobrang inis at pagod.

"**Jay-jay?**" Tawag ng kung sino.

Bumilis ang tibok ng puso ko. Kahit pigilan ko, ayaw na magpa-awat ng luha ko. Kaharap ko na sya ngayon, yung taong kaninang iniiyakan ko lang at iniiyakan ko pa rin.

"**Yuri...**" Sabi ko at muling tinawid ang ilog para makalapit sa kanya kung saan ako nakatayo kanina.

Mahigpit ko syang niyakap pero humiwalay din ng malakas syang uma-ray sa sakit.

"**S-sorry...**" Sabi ko at tinignan ang kabuuan nya.

Sira ang damit nya at may nakabalot na piraso ng tela sa braso. Hindi malinaw pero may gasgas ang muka nya. Muka ring may crack ang salamin nya.

"**Anung nangyari sayo?**" Tanung ko na puno ng pag-alala.

"**N-nahulog ako... Narinig ko kasi ang boses mo. Sinubukan kitang hanapin pero eto yung kinahinatnan ko.**" Paliwanag nya.

Napaiyak na naman ako. "**Saan ka ba kasi nagsusu-suot?! Magda-drama ka lang sa gubat pa! Ang hirap kayang maghanap dito!**" Reklamo ko.

Kamot batok syang nagpilit ng ngiti sakin. "**Sorry... Hindi ko kasi alam na susundan mo ko.**"

"**Malamang susundan kita! Lalu na't dahil don sa nangyari.**" Pahina ng pahina kong sabi.

Umiwas sya ng tingin at dumiretso ng tayo. Alam kong ayaw nya pang pag-usapan ang bagay na yon.

"**...B-balik na tayo?**" Aya ko sa kanya.

Kailangan kasing magamot ang sugat nya. Gusto ko ring makibalita sa nangyari kay Aries. Anung malay ko baka malala na pala ang ang lagay nya. Ang lakas lang kasi ng tama nya, nag-hamon pa ng away.

Nilibot ko ang paningin ko. Hindi ako pamilyar sa parte ng gubat na to. Siguro kung susundan ko yung ilog pabalik, baka makita ko yung falls kung saan kami nag-swimming.

"**Dito tayo dumaan.**" Sabi ko habang nakaturo sa likod nya.

Nauna akong maglakad sa pag-aakalang susunod din sya sakin pero napahinto ako ng makita kong hindi sya makalakad ng maayos.

Iika-ika ang isang paa nya. Agad akong lumapit sa kanya para akayin sya.

"**A-ayos lang ako.**" Sabi nya.

Ayos mo muka mo!

"**Sinong niloko mo?**" Sarcastic na tanung ko sa kanya.

Bahagya syang natawa. Naka-alalay ako sa bawat hakbang nya. Ramdam ko ang pagtitiis nya ng sakit sa bawat pagkilos nya. Napatingin ako sa isang nakatumbang puno, nagmuka kasing payong ang isang sanga nito na puno ng dahon.

"**Dito ka muna.**" Sabi ko kay Yuri at iniwan muna sya para lumapit dun sa tumbang puno.

Tinignan ko kung pwedeng pagsilungan muna yon. Dahil muka namang payong yung isang sanga, hindi na siguro masama. Nilinis ko yung paligid at tinanggalan ng dumi at natuyong sanga. Naghanap din ako ng malaking dahon na pwede naming gamiting sapin.

Nang matapos ako, agad kong binalikan si Yuri at inakay papunta don. Mukang naging pabor naman sa kanya yung silong dahil nakapagpahinga sya.

"**Ayos ba?**" Tanung ko sa kanya bago maupo sa tabi nya.

"**Oo... Maganda din tong silong kapag umulan.**"

"**Uulan ba?**" Tumingin ako sa langit.

Walang bituin, posible nga na umulan. Wag naman sana! Baka magkasakit kami nito, lalu kaming hindi nakabalik sa site.

"**Sana lang wag tayo abutan.**" Sabi nya at sumandal sa malaking troso na nakatumba sa likod namin.

Madilim pa rin ang paligid. Naalala ko bigla yung cellphone ni Yuri. Kinuha ko yun sa bulsa ng jacket ko. Buti nalang at hindi nabasa kanina.

"**Cellphone mo.**" Sabi ko sabay abot sa kanya.

"**Salamat.**"

Pinindot nya yun para umilaw. Agad na tumama sa muka nya ang liwanag dahilan para makita ko ang kabuuan nya. Puro sugat at gasgas, may namumuo ring pasa sa gilid ng mata nya.

Hinawakan ko ang muka nya at hinarap sakin. Hindi ko maiwasan na hindi mag-alala.

"**S-saan ka nahulog? Bakit ganyan ang itsura mo?**" Tanung ko at agad na inagaw sa kanya ang cellphone nya para ilawan ang iba pang parte ng katawan nya. "**...Ang dami mong sugat!**"

Bukod sa sugat nya sa braso na may balot ng tela. Meron din syang maliit na sugat sa iba't-ibang parte ng braso at binti.

"**O-okay lang ako.**" Pagpipilit nya at ngumiti.

Wala akong nagawa kundi ang ibalik sa kanya ang cellphone nya. Napasandal nalang din ako sa troso sa likod namin.

Ngayon ko naramdaman ang pagod. Gusto kong pumikit kahit sandali pero baka abutan kami ng ulan dito. Sandaling pahinga lang sana ng habol ko dahil nahihirapang maglakad si Yuri.

"**Pwede kang matulog muna. Gigisingin nalang kita.**" Sabi nya at ngumiti sakin.

"**Hindi na. Baka abutan tayo ulan. Tsaka gusto ko ding makabalik bago magliwanag.**"

Nag-nod naman sya bilang pagtanggap sa sagot ko. Anu na kaya nangyari kay Aries? Nag-alala ko sa kanya. Hindi ko alam kung dahil sa naging away nila ni Yuri yung naging dahilan ng kawalan nya ng malay o baka yung suntok ni Keif----*pakshit!*

HINDI NGA PALA AKO NAGPAALAM SA KANYA!

"**Jay... Okay ka lang?**" Tanung ni Yuri ng mapansin ang biglang pagbabago ng itsura ko.

Bakas ang takot at taranta sakin. Baka hinahanap na ko nun.

Malamang nagwawala na rin yon sa kakahanap sakin. Anu gagawin ko?

Gustuhin ko man syang tawagan, wala yung cellphone ko. Iniwanan ko kanina sa tent dahil akala ko hindi naman namin kailangan. Isa pa, walang ring signal dito kaya hindi ko rin magagamit ang cellphone ni Yuri.

Naman talaga?! Badtrip!

Sa sobrang inis ko, naisandal ko nalang ulit ang ulo ko sa troso. Pumikit ako sandali pero hindi nagtagal kusa na rin akong nakatulog.

Nagising ako ng makaramdam ng tumutulo sa muka ko. Dinilat ko ang mata ko at ganun nalang ang taranta ko ng makita kong umuulan. Tinignan ko si Yuri na yakap-yakap ang sarili dahil sa lamig.

"**Bakit hindi mo ko ginising?**" May halong inis sa boses ko.

Agad kong hinubad ang hoodie jacket ko at binalot sa kanya. Hindi sya gumalaw at nagsalita. Kinabahan ako kaya hinawakan ko sya at dun ko lang nalaman na nilalagnat na pala sya.

"**Yuri! Mainit ka!**" Sigaw ko at pilit inayos ang pagkakabalot ng jacket sa kanya.

"**P-pano k-ka?**" Nanginginig na tanung nya sakin.

"**Okay lang ako! Sarili mo unahin mo!**"

Pilit kong binabalot ang katawan nya pero nanginginig pa rin sya at nilalamig ng husto. Wala akong nagawa kundi ang yakapin sya para uminit ang pakiramdam nya.

Body Heat!

Bahagya ko ding inihilig ang ulo nya sa leeg ko. Patuloy ang pag-ulan, salamat sa silong na to kundi kanina pa kami basang-basa.

"**Kaunting tiis. Makakabalik na tayo sa site.**" Bulong ko sa kanya.

Hindi na sya sumagot kaya malakas ang pakiramdam ko na nakatulog na sya. Gusto ko din matulog. Gusto ko ding ipikit ang mata ko. Pero hindi ko naman pwedeng pabayaan tong katabi ko.

Pinilit kong labanan ang antok. Biglang umilaw yung cellphone ni Yuri na nasa paanan lang nya. Lumabas ang battery sign, indikasyon na lowbat na. Tinignan ko na din ang oras. 4:36AM na!

Magliliwanag na!

"**Jay...**" Bulong ni Yuri. "**...Jay.**"

"**Bakit?**" Sagot ko sa pag-aakalang gising sya.

Tinignan ko sya bahagya pero pikit na pikit pa rin sya. Mukang nagsasalita habang tulog o kaya man nagde-deliryo dahil sa lagnat.

"**I-ipaglalaban kita...**" Bulong na naman nya at natigilan ako. "**...hindi ako papayag na mawalan ulit...**" Isiniksik nya ang ulo sa leeg ko. "***...aishiteru.***"

Ang sarap pakinggan ng mga sinabi nya. Kahit sinong babae kikiligin kapag ganun ang narinig. Pero hindi ako, dahil sa halip na kilig ang maramdaman ko----kahihiyan ang nangibabaw sakin.

Hindi ko sya kayang ipaglaban, kagaya ng kaya nyang gawin. Kung kaya ko lang turuan ang puso, matagal ko ng sinabi o itinuro na ikaw nalang ang mahalin kasabay ng pagtuturo ko ng math problem.

Kaso hindi ganun yun.

Tanga ang puso, sin-tanga ng utak ng tao. Kaya hindi rin sya makakapag-aral ng math problem.

You're almost perfect in every angel. Handsome, rich, smart and you can also be consider as a goodboy. Yes you have flows pero kaya namang ma-adjustan yon. Sa pagiging perfect mo, isa lang ang napagtanto ko. I don't deserve you, someone else better does.

Napatingin ako sa langit ng mapansin kong unti-unti ng lumiliwanag. Kinuha ko ang cellphone ni Yuri pero nakapatay na

pala. Ayoko sanang gisingin sya pero kailangan na naming makabalik.

"**Yuri...**" Tawag ko sana habang tinatapik sya. "**...gising na.**"

Mainit pa rin and katawan nya kaya sigurado akong nilalagnat pa rin sya. Bahagya syang umungol at umayos na ng upo. Dahan-dahan syang dumilat.

"**Tara na... Tumigil na rin ang ulan.**" Aya ko sa kanya.

Ako unang tumayo para maalalayan sya. Ewan ko pero pakiramdam ko, mas lalo syang bumigat kesa kanina. Pinipilit siguro nyang hindi magpabigat sakin kanina, pero dahil may lagnat na sya hindi na nya magawa yun ngayon.

Tinuloy namin ang paglalakad. Mas mabagal kami kesa kanina. Tuluyang lumiwanag ang langit. Kita'ng kita ko na rin ang dumi sa katawan naming dalawa. Pinag-halong putik, alikabok at sugat.

"**Jay... Pahinga muna tayo. Nahihilo ako.**" Sabi nya kaya huminto ako sa paglalakad.

Tinulungan ko syang maka-upo sa isang kaputol na troso. Namumula ang muka nya at parang hirap na hirap idilat ang mata. Hinawakan ko ang noo nya at ramdam kong mas uminit sya kesa kanina.

Mukang tumaas ang lagnat nya.

"**Kaya mo pa ba?**" Alanganin kong tanung.

Ngumiti sya sakin para ipakitang okay sya. "**Kaya... Pahinga lang.**"

Umupo ako sa tabi nya. Sinandal ko ang ulo nya sa balikat ko. Malalim ang bawat paghinga nya na bukod sa dinig ko ay ramdam ko din.

Wag naman sana lumala.

Bigla nalang may tumunog na tyan. Taas kilay syang nag-angat ng tingin sakin.

"**Kagabi pa huling kain ko eh.**" Sabi ko habang nakangiti.

Bahagya syang tumawa. "**Kakain tayo pagbalik natin.**"

Nag-nod naman ako. Ngayon na nagpaparamdam ang tyan ko sa gutom. Kapag nagtagal pa to, ako naman ang magkakasakit.

Muling sumandal ang ulo ni Yuri sa balikat ko. Katahimikan ang namayani saming dalawa. Ayoko naman syang kulitin dahil nagpapahinga sya.

"**Alam mo ba...**" Basag nya sa katahimikan. "**...ayaw ni *Hahaoya* na nagkakasakit ako.**" Sabi nya at ngumiti.

"**Lahat naman yata ng Nanay.**" *Except yata sakin.*

"**Lahat din kaya ng Nanay gagawin ang ginawa nya?**"

Natigilan ako. *Hindi ko alam* ang pwede kong isagot dahil hindi ko naman naranasan yan kay Mama---except sa naki-alam sya sa usapang kasal namin.

Umalis sya sa pagkakasandal sakin at tumingin sa malayo. Gusto kong isipin na nagdi-diliryo lang sya kaya ganyan ang inaasta nya pero hindi.

"**Hanamitchi family is very well known in Japan. Aside from being close relative of the Minister of Japan, they have lots of businesses. They even own an island.**"

Yung feeling ng nanliit ka bigla. Naliit ka dahil akala mo mayaman na yung katabi mo pero mas may iyayaman pa pala.

"**...Because of there reputation they never accept my mother. Bukod sa pagiging half Filipino, hindi rin kilala ang pamilya nila. Masakit sa kanya na bawat kilos nya, ikinahihiya sya ng buong angkan. Mas naging masakit sa kanya ng malaman nyang maliit lang ang chance na mabuntis sya.**"

Pinagpatuloy ko ang pakikinig sa kanya. Alam kong hindi nya naranasan ang mga nangyari sa Nanay nya pero kahit ganun, ramdam kong nasasaktan din sya.

"**...Kaya ng mabuo ako, iningatan ako ng husto. Hindi na lumabas ng bahay si *Hahaoya,* masiguro lang na ligtas ako. Sabi nila, dumating daw ang swerte ng isilang ako.**" Huminga sya ng malalim. "**...Mas iningatan pa nila ko. I'm a prince but never put on thrown. I'm the only heirs of Hanamitchi Clan.**"

Only? May kapatid ka kaya.

"**...Ampon lang si Yoichi.**" Sabi nya kaya natigilan ako.

"**H-ha?**"

"**Inampon sya para punan ang pagkukulang sa pamilya. Kailangan nilang ipakasal ang isa samin sa purong lahi ng kilalang Yakuza clan. Kamag-anak pa rin namin sya pero galing sa malayo.**"

Pakshit!

Yung nakakapanglumo na nga yung kalagayan ko pero may mas lalala pa pala. Napaka-bata pa nya pero may nakalaan ng kasal sa kanya.

Syempre hindi na pwedeng ipakasal si Yuri sa iba dahil engage na sya sakin kaya si Yoichi ang ipapakasal sa iba.

"**Ang komplikado ba ng buhay namin?**" Tanung nya at nagpilit ng ngiti.

"**Medyo... Naguguluhan lang ako kung bakit ayaw ng Mama mo kay Ella, kung tutuusin mas matino ang buhay nya kesa sakin.**"

Hello? Galing sa broken family here!

Hindi sya nagsalita. Bigla nalang syang tumayo at nagsimulang maglakad. Sinundan ko sya agad para maalalayan.

Patuloy pa rin kami sa paglalakad at wala pa rin akong naririnig na sagot sa kanya. Pakiramdam ko tuloy meron syang tinatago sakin.

Naririnig ko na ang malakas na lagaslas ng tubig. Ibig sabihin, malapit na kami sa pinag-swimingan namin. Tinignan ko si Yuri at

kita ko ang pagod sa kanya.

Agad akong huminto. "**Magpahinga muna tayo. Baka lumala yung lagnat mo.**"

Hindi sya sumagot. Pasandal syang nakatayo sa isang puno at nakapikit. Naghahabol sya ng hangin at panay ang punas ng pawis nya.

"**Malapit na tayo----**"

"**Jay.**" Putol nya sa sasabihin ko. "**...May kasalanan ako sayo.**"

Taka akong nakatingin sa kanya at hinintay ang sasabihin nya. May kung anung nagpapabilis ng tibok ng puso ko. Nag-uumpisa na rin akong manginig pero hindi dahil sa gutom.

"**H-hindi si Tanda ang nagset ng kasal natin.**" Sabi nya na nagpagulo lalo sa isip ko. "**...tumanggi na si Angelo ng alukin sya ni Tanda non. Hindi naniniwala ang Matanda na yon sa second chance kaya agad na nawala ang offer...**" Umiwas sya ng tingin at huminga din ng malalim. "**...Pero ng makarating sakin ang balita na pabagsak na ang Fer Corp, ako na mismo ang nag-alok kay Angelo.**"

Napahakbang ako paatras. Punong-puno ng tanung ang isip ko. Pilit kong nililinaw sa ang mga sinasabi nya.

"**A-anung....**"

"**Ako ang nagset ng kasal na yon kapalit ng tulong sa company ni Angelo. Dahil walang makatanggi sa gusto ko, pumayag sila. Kahit ayaw sayo ni *Hahaoya*, pinilit nya.**"

Kusa nalang bumagsak ang mga luha ko. "**P-pero ang sabi mo dati... H-hindi mo k-kayang pigilan ang kasal. S-sabi mo s-sila ang may g-gusto nito.**"

"**I-i lied to you. I'm sorry.**"

"**H-hindi ko maintindihan... Bakit mo ginawa yun?**"

"**Dahil mahal kita at hindi ko na kayang matalo ulit kay Keifer.**" Mabilis nyang sagot. "**...gusto din kitang iligtas sa kanya.**"

Pinunasan ko ang luha ko. Halo-halo ang nararamdaman ko ngayon, pero mas nananaig ang galit sakin. Hindi ko maintindihan kung bakit kailangan nyang maging maka-sarili.

Umiling ako at diretso syang tinignan sa mga mata. "**Hindi. Hindi yan pagmamahal.**"

"**No. Please don't say that.**"

"**Natatakot ka lang matapakan ang Ego mo!**" Pilit kong pinahihinahon ang sarili ko. "**...Natatakot ka lang mapahiya ulit sa parehong dahilan.**"

"**No. Hindi ganun yon.**"

"**Sige nga! Kung talagang mahal mo ko bakit apektado ka pa rin ng kay Ella?**" Hamon kong tanong sa kanya.

Umiwas sya ng tingin at hindi sumagot. Tama ako! May nararamdaman pa rin sya kay Ella.

Kahit awang-awa ako sa itsura nya ngayon, hindi ko mapigilan ang galit ko. Itinatali nya ko sa isang bagay na pang-habang-buhay. Hindi na nya inisip ang nararamdaman ko.

Ako naman si Tanga, sa takot sa pwedeng mangyari kapag tumanggi ako, pumayag agad kahit wala namang kasiguraduhan.

Pvta! Ang Bobo mo Jay!

Napapailing nalang ako sa mga nalaman ko. Sa kanila nila Ella at sa lintik na kasal na yan. Para akong mababaliw sa mga to!

Nakarinig ako ng mga taong tila nag-uusap. Tunahimik ako at halos sabay kaming nag-angat ng tingin ni Yuri ng ma-realieze naming malapit lang sila.

"**May tao!**" Halod pasigaw kong sabi.

Dali-dali akong tumakbo pero bumalik din agad ng marinig ko ang malakas na pag-aray ni Yuri. Nawala sa isip kong hindi nga pala sya makalakad ng maayos.

Inalalayan ko sya at dahan-dahang naglakad.

"**TULONG! MAY TAO PO DITO!**" Sigaw ko para matunton nila kami kung sino man sila. "**TULUNGAN NYO PO KAMI!**"

Mas lumakas ang tila pag-uusap ng mga tao, ibig sabihin malapit lang sila samin at palapit pa. Nakahinga ako ng maluwag sa sitwasyon namin. Makakabalik na kami, gusto ko ng kumain at matulog.

"**Dito!**" Dinig kong sigaw ng kung sino.

Sisigaw na din sana ako pero bigla nalang hinawakan ni Yuri ang pisngi ko. Tuloy-tuloy at napaka-bilis ng pangyayari.

Hinalikan nya ko!

Bahagya ko syang tinulak pero walang epekto yun. Hindi ko sya magawang itulak ng malakas dahil inaalala ko ang paa nya. Kusa din naman syang humiwalay ng maramdaman ang pagpalag ko sa kanya.

Salubong ang kilay kong nakatingin sa kanya. Magagalit na sana ko pero napatigil ako ng napansin ang tao sa gilid namin.

Huminto sa pagtibok ang puso ko at pakiramdam ko namatay na ko ng hindi ko namamalayan----Na sana nga patayin nalang ako ngayon na.

K-keifer.

Titig na titig samin kasabay ng masama at galit nyang tingin. Saradong-sarado ang kamao at kulang nalang ay sumugod sya agad samin.

"**K-keifer…**" Sabi ko at akmang lalapit sa kanya pero bigla nalang syang tumalikod samin at mabilis na tumakbo.

Shit!

Agad ko syang hinabol at dun ko lang nakita na kasama pala nya ang ibang Ulupong. Huminto ako ng salubungin nila ko.

"**Jay! Sa wakas... Nakita ka din namin.**" Sabi ni Felix.

Nakay-Keifer pa rin ang paningin ko. Kailangan ko syang habulin. Kailangan kong magpaliwanag sa kanya.

"**P-puntahan nyo si Yuri! Andun sya!**" Sabi ko habang nakaturo sa pinang-galingan namin.

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nila. Agad akong tumakbo para habulin si Keifer. Hindi ko na alintana ang pagod at gutom.

Hindi naman ako nabigo dahil naabutan ko syang nakatayo sa ilalim ng puno. Dahan-dahan akong lumapit sa kanya.

"**Keifer...**" Tawag ko.

Bigla nalang nyang sinuntok ang katawan ng puno. Sa lakas ng pagkakasuntok nya. Naalog ang puno at nagkalaglag ang kaunting dahon.

Napalunok nalang ako sa takot.

"**I'll pretend i didn't see anything.**" Sabi nya at naglakad paalis.

Hindi ko alam kung magandang bagay ba yung sinabi nya pero mas nangibabaw ang takot at pangamba sakin.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 184

A/N: NO EDIT!
Feel kong idamay si Dabid. Tara manggulo tayo! Hahahahah 😈😈

Thanks po sa cover. nojamseu

Wedding Gown

Jay-jay's POV

Natapos ang retreat ng wala sa schedule. Dahil sa nangyari kay Aries, Yuri at sa ibang students na nahulihan ng alak at sigarilyo, pinili ng organizer na tapusin na ang retreat.

Sinugod sa ospital si Aries at ganun din si Yuri. Umalis kami ng Camp *keneme* ng walang kibuan ng buong Section E. Meron mang kumausap sakin, hindi naman pinag-uusapan yung nangyaring gulo.

Ayaw talagang pag-usapan.

Dahil isang linggo dapat ang retreat pero naging tatlong araw nalang, naging bakasyon ang natitira pang mga araw.

Sabado ngayon, dalawang araw na ang nakakalipas ng ma-ospital si Aries. Dalawang araw ko na ding hindi pinapansin ang mga text at tawag sakin ni Yuri. Dalawang araw na din akong hindi pinapansin ni Keifer.

"**Ganun ba?**" Tanung ko kay Keigan.

"**Yeah... Sorry about that.**" Sagot nya at nagpilit ng ngiti. "**...If he get home, I will call you immidiately.**"

"**Sige. Salamat.**"

"**Ingat.**"

Bagsak ang balikat kong umalis kila Keifer. Kahapon pa ko pabalik-balik sa kanila. Hindi sya sumasagot sa text ko at cannot be reach naman kapag tinawatagan.

Hindi ko naiwasan na hindi mag-alala. Alam kong galit sya sa nakita nya.

Pinindot ko ang preno ng bike na syang sinasakyan ko ngayon. Eto rin ang gamit ko kahapon ng puntahan ko sya.

Ang sagot sakin ni Keigan kahapon ay kapareho rin ng ngayon. '*Hindi pa sya umuuwi, matapos umalis*'. Nakakapang-lumo, gusto kong sisihin si Yuri pero....para saan?

Narinig ko tumunog ang cellphone ko. Tumabi muna ko bago kuhanin ang cellphone. Isang text message ang dumating sakin galing kay Kuya Angelo.

From: *Kuya Angelo.*
Message: '*Asan ka? Umuwi kana.*'

Napabuntong hininga nalang ako. Hindi nga pala alam ni Kuya na umalis ako ng bahay. Wala din naman kasi sya kanina kaya hindi na ko nagpaalam.

Mabilis akong nagpidal pauwi sa bahay. May kalayuan talaga ang bahay ni Keifer sa bahay namin. Sadyang kaskasero lang ako mag-maneho ng bike.

Bike pa lang yan... Pano kapag kotse na?

Pagdating sa bahay, magarbong kotse agad ang sumalubong sakin. Yayamanin! Bungga! Tinignan ko muna yon sandali bago ipasok ang bike ko sa garahe nila Tita.

Pumasok ako sa loob at dun ko lang nakilala kung sino ang may-ari ng kotse. *Mommy* ni Yuri at kasama yung driver ata.

"***Konnichiwa...***" Bati nya sakin habang nakangiti at nag-bow.

Nag-bow din ako dahil tanda ko na yun ang paraan nila ng pag-galang. "**Konitsiwa.**"

"**Andyan kana pala.**" Bigla sabi ni Kuya Angelo habang may dala'ng Tray ng Juice at Sandwich. "**...Kanina ka pa hinihintay ni Mrs. Hanamitchi.**"

Binaba nya ang tray sa lamesita. Tinignan nya ko mula hangang paa at tsaka nag-taas ng kilay.

"**Magpalit ka... May pupuntahan kayo.**" Utos ni Kuya sakin.

Tinignan ko naman ang sarili ko. May problema ba sa maong na kupas at tShirt na maluwag?

"**No. It's okay.**" Pigil ng Mommy ni Yuri. "**...Hindi na kailangan.**"

"**Pero----**"

Pero muka pong basahan si Jay-jay.

"**Sandali lang naman kami, kaya hindi na siguro kailangan.**" Putol nya sa sasabihin ni Kuya.

Walang nagawa si Kuya kung hindi ang pumayag. Ngumiti yung Mommy ni Yuri at tumayo. Lumapit sya sakin at umangkla sa aking braso na para bang close na close kami.

Close pala tayo, teh?

"**Tara na?**" Aya nya sakin.

"**S-sige po.**" Alanganin kong sagot.

Tumingin sya kay Kuya Angelo at ngumiti. "**We'll go ahead.**"

Naglakad na kami palabas, diretso sa kotse nilang yayamanin. Sobrang naiilang ako kaya naman wala akong kibo sa buong byahe. Gustuhin ko mang itanung kung saan kami pupunta, hindi ko na nagawa.

Aanu ba kasi talaga?

"**Anything wrong, Jay?**" Basag nya sa katahimikan.

"**W-wala po.**"

Kahit malamig sa loob ng kotse. Pinagpapawisan talaga ako. Mabilis din ang tibok ng puso ko. Bakit ba pakiramdam ko may ginawa akong malaking kasalanan sa pamilya ni Yuri?

Huminto kami sa tapat ng isang malaking building. Unang bumaba yung Mommy ni Yuri. Sumunod ako sa kanya at sandaling pinag-masdan ang building sa harap namin.

Muli syang umangkla sa braso ko. Halos makaladkad ako sa bilis ng bawat hakbang nya.

Yung totoo? May galit?

Narating namin ang elevator. Buti nalang at nakabukas na yon kaya hindi namin kinailangan na maghintay.

"**Sorry kung nagmamadali ako. Late na kasi tayo.**" Sabi nya sakin.

Late saan?

Pinindot nya ang buton na may number 20. Dalawa lang ang kasabay namin at mukang mga foreigner pa. Ayoko na sanang magsalita, kasi bukod na sa naiilang ako----eh NAIILANG TALAGA AKO! Kayalang ayoko namang maging bastos.

"**K-kamusta po si Yuri?**" Tanung ko.

Shit ka Jay!

Dapat yata hindi yun ang tinanung ko. Engot-engot! Edi iisipin nya na hindi kami nag-uusap.

"**He's okay... Fully recovered already.**" Sagot nya sakin.

Tumunog ang elevator bell at bumukas ang pinto. Naglakad na yung Mommy ni Yuri kaya sumunod ako. Isang kakaibang floor ang bumungad sakin.

May receptionist at parang opisina ang dating. Lumapit kami sa mga babaeng nasa reception. Meron silang pinag-usapan sandali tapos ay naghintay kami.

Hindi ko alam kung anu o sino yung hinihintay namin.

Anu bang lugar ito?

"**Mrs. Hanamitchi!**" Malanding sigaw ng isang unknown person.

Bakla sya, sure ako. Supistikado'ng tignan kahit tumitikwas ang daliri. Mukang yayamanin din.

"**Gertrude!**" Balik na bati ng Mommy ni Yuri at nagbeso-beso sila.

"**You still look pretty.**" Sabi nung tinawag na Gertrude.

Sagot ng Mommy ni Yuri. "**Thank you.**"

Biglang tumingin sakin yung Gertrude kaya agad akong nagpilit ng ngiti. Nakataas ang kilay nya habang sinusuri ako mula ulo hangang paa.

"***Shinken ni? Kono shōjo?***" (Seriously? This girl?) Sabi nya at ngumiti lang ang Mommy ni Yuri.

Nga-nga!

Feeling ko minura ako o kaya man ininsulto. Hindi ko tuloy alam ang magiging reaksyon ko. Kung aawayin ko naman to baka magmuka akong bastos.

Suntukin ko kaya to tapos sabihin ko hindi sadya?

"**Yeah... She's pretty. Right?**" Sabi ng Mommy ni Yuri at sinenyasan akong lumapit sa kanya.

Ginawa ko naman at nagpilit agad ng ngiti dun sa Gertrude. Umismid lang sya at inirapan ako.

Problema nito?

Wala akong problema sa bakla, pero ngayon baka meron na. Hindi ko inaano to, bakit ba ko inaano nito? Baka mapikon ako, hindi ko to matantsa.

"**Oo nalang.**" Sarkastikong sagot nya. "**...Lets go.**"

Naglakad na sya papunta sa loob. Bumungad saki ang magkakatabing office table. Tad-tad ng isang damak-mak na papel.

Meron akong nakita puting sofa set, kung saan maraming nag-uusap na tao. Meron may hawak na magazine at meron namang pira-piraso ng tela.

Pero ang naka-agaw ng pansin ko ay yung manikin na walang ulo. Meron kasing naka-suot na gown. *Wedding gown!*

Ganun nalang ang panlalamig ko ng ma-realize kung anung pakay

namin sa lugar na to. Tinignan ko yung Gertrude at yung Mommy ni Yuri na nasa harapan ko.

Masaya silang nagkukwentuhan at nagtatawanan. Huminto sila sandali at binuksan ang glass door na may nakalagay na VIP. Pagbukas ng pinto unang pumasok ang Mommy ni Yuri at sumunod yung Gertrude.

Iniwan ako?!

Itinulak ko nalang ang pinto at pumasok mag-isa. Pabilog na sofa set ang una kong nakita. Kasya yata 15 katao. Tapos may malaking kurtina sa harap.

"**Ganda!**" Sarkastikong tawag sakin nung Gertrude.

Paglapit ko sa kanya, sya namang lapit nya dun sa kurtina.

Bastusan?!

"**Madam Yakito! Atu na! Pagmasdan mo!**" Masayang sabi nya at biglang binuksan ang kurtina.

Sa harap ng limang hilera ng malalaking salamin. Isang puting-puting wedding gown ang sumilaw sa aking mata. Muntik na kong mabulag.

"**Oh my...**" Masayang sabi nung Mommy ni Yuri at agad na lumapit don. "**...Look at this! You did a great job.**"

Hindi ko magawang ihakbang ang paa ko para lumapit. Wala akong naging reaksyon. Pag-ngiti lang ang tangi kong nagawa----plastic pa.

"**Papupuntahin ko ang assistant ko dito para matulungan kayong magbihis.**" Sabi ni Gertrude at mabilis na naglakad paalis.

Nakangiting humarap sakin ang Mommy ni Yuri. Pinilit kong suklian ang ngiti na yon.

"**Ang ganda diba? Eto ang isusuot mo sa kasal nyo ni Yuri.**" Masayang sabi nya.

Hindi ko kaya.

Hindi ko kayang maging masaya kagaya nya. Matapos lahat ng sinabi sakin ni Yuri. Matapos lahat ng nangyari. Hindi ko kaya...

May dumating na babae at agad lumapit dun sa gown. Kinalas nya yun sa manikin at sinenyasan akong lumapit. Umalis yung Mommy

ni Yuri at sinara ang kurtina.

"**Paki-hubad na po ang damit nyo.**" Sabi nung babae.

Nag-aalangan akong nakatingin sa kanya. "**L-lahat?**"

"**Yung pang-itaas lang... Pati undergarment.**"

Anak ng... Magt-topless ako?

Alanganin at dahan-dahan kong tinanggal ang Tshirt ko. Tatanggalin ko na sana ang bra ko pero....*putik!*

Huminto ako at tinignan yung babae na may paki-usap. "**P-pwedeng anu... Suotin ko muna yan bago ko tanggalin to?**"

Ngumiti naman sya at nag-nod. Sa laki ng wedding gown na mukang humahabol sa gown ni Marian Rivera, hirap na hirap kaming isuot yun. Matapos masuot hangang dibdib dun ko lang tinanggal ang pang-ilalim.

Inayos na nya ang likod at iba pa. Inayos din nya ang buhok kong kanina pa sagabal sa muka ko.

Matapos maayos, tinignan ko ang sarili ko sa salamin. Napa-titig ako sa sarili ko. Para bang ang hirap maniwala na sarili ko yung tinitignan ko ngayon sa salamin.

Ang ganda kasi----nung gown!

Ganito pala yung pakiramdam ng namimili ng susuotin pang kasal. Nakaka-excite na nakaka-kilig. Parang ang sarap dumiretso sa simbahan nito.

Pero unti-unti'ng nawala ang ngiti ko. Unti-unti ring pumapasok sa isip ko na ikakasal ako sa taong hindi ko naman mahal. Ikakasal ako sa taong nagsinungaling sakin. Sa taong pinagkatiwalaan ko. Sa taong akala ko biktima lang din ng business *keneme* ng pamilya nila.

"**Hindi mo ba nagustuhan?**"

Bahagya akong nagulat. Mabilis akong nag-angat ng tingin at nakita

ko ang Mommy ni Yuri sa bandang likod ko. Bukas na pala ang kurtina.

"**N-nagustuhan ko po.**" Sapilitan kong sagot.

"**That's great to hear.**" Bumaling sya sa babaeng tumulong sakin magbihis. "**...iwan mo muna kami.**"

Nag-nod yung babae at nag-lakad na paalis. Iniwan muna nya yung damit ko sa sofa bago tuluyang lumabas.

Lumipat sa harap ko ang Mommy ni Yuri at inilabas ang cellphone. Sandali syang nagpipindot bago itapat sakin ang camera.

"**Smile.**" Sabi nya sakin at ngumiti naman ako. "**...Ipapadala ko to kay Yuri.**"

Sandali syang nagpipindot bago tumunog ang cellphone nya. Bahagya sya tumawa bago humarap sakin.

"**Kung pwede ka na daw bang idiretso sa altar ngayon?**" Tanung nya at tumawa ng malakas.

Nakitawa nalang ako, wag lang sana magmukang plastic. Sandali pa nya kong pinagmasdan at ang gown na suot ko.

Nung tumapat ang mata sya sa mata ko, agad akong umiwas. Sobrang nakaka-ilang at hindi ako sanay makipag-titigan sa kanya.

"**Sa totoo lang... I don't want you to be my daughter-in-law.**" Nakangiting sabi nya pero bakas ang pagiging seryoso nya.

Oks lang... Hindi ko din naman gusto ang sarili ko na maging in-law nyo.

"**...but i love my son so much and I'm willing to sacrifice everything...**" Malungkot nyang sabi. "**...The whole Hanamitchi clan don't like me. From the start that i marry Yumori, i keep pleasing them. I try to prove that i'm worthy to be part of their family but... They never accept me.**"

N-nabanggit nga po ni Yuri sakin.

Nagpilit sya ng ngiti at inayos ang buhok ko papunta sa likod ng tenga ko.

"Akala ko habang buhay ng ganun. But when Yuri came, half of the clan thank me. Para sa kanila swerte sya. Ipinanganak sya sa panahon na pabagsak na ang negosyo ng pamilya."

Sa totoo lang hindi ko maintindihan kung bakit sinasabi nya sakin to. Pero nanatili akong tahimik at nakikinig sa kanya.

"Matalino, masayahin at masunurin. Yan ang Yuri ko... I gave him everything even though his not asking for it. Umpisa pa lang hindi na sila magkasundo ng father-in-law ko pero hindi pa rin sya nagpatinag para patunayan ang sarili nya."

Gusto kong itanung kong bakit naki-alam sya sa gusto ni Yuri. Kung bakit nya kinausap si Ella. Pero urong ang dila ko at parang ayaw maki-sama.

"Itinuring ko ding anak ang mga kaibigan nya lalo ni si Keifer na syang pinaka-malapit sa kanya, kahit against talaga ako sa pagkakaibigan nila." Huminga sya ng malalim at dun ko lang nakita ang pamumuo ng luha nya. **"...pero ng ipakilala nya sakin si Ella nagbago ang lahat."**

Putik! Eto na yon.

"...Hindi ko sya tanggap at ganun din ang mangyayari sa angkan namin. Kaya ginawa ko ang akala kong tama. Kinausap si Keifer at sinabi sa kanya ilayo nya si Ella kay Yuri. Pero wala akong alam na nag-aagawan na sila sa iisang babae." Tuluyan ng bumagsak ang mga luha nya. **"...umuwi ang anak kong ibang tao na. Madalas naka-inom, may sugat at marumi ang damit. Nagpakulay din sya ng buhok na ikinabigla ng lahat. Natuto na rin nya kaming sagot-sagutin lalo ang Lolo nya."**

Kahit hindi ako sigurado, niyakap ko sya at hinayaang umiyak sa balikat ko. Ramdam kong nasasaktan sya sa mga nangyari kay Yuri.

"Please..." Sabi nya habang umiiyak pa rin. **"...love my son."**

Tang'na!

Iba nalang po ang hilingin nyo. Wag yan, wag po ang mahalin sya.

"...hindi ko kakayanin na makita ulit syang miserable. I beg you... Love my son."

Kusa nalang din akong napaiyak. Mahigpit ang naging yakap ko sa kanya. Gusto ko ding gawin ang sinasabi nya. Gusto ko, gusto'ng gusto ko!

Pero hindi ko magawa!

Iba ang mahal ko at kahit anung gawin ko, sya na talaga ang gusto ko. Sya na talaga ang mahal ko.

Keifer.

+ +

David's POV

["*She's okay... In few weeks pwede na syang umuwi.*"] Percy said on the other line.

"Sasabay ka na ba sa kanya?"

["*Baka mauna ako. Gusto ko ng makita si Jay-jay at Felix.*"]

Napatingala ako sa langit. Matatapos na ang kontrata ko. Makikita ko na si Cheon----girlfriend ko. Mawawala na rin ang gumugulo sa isip ko.

"S-salamat nga pala." Nahihiyang sabi ko.

["*I should be the one to Thank You. Samalat sa pagbabantay mo kay Jay-jay sana lang talaga...*"] Sandali syang tumahimik. **["*...Sana lang talaga tumupad ka sa usapan.*"]**

Napayuko ako. **"Y-yeah."**

Pinatay nya ang tawag. Tumingin ako sa gate ng bahay nila. Nang bahay nila Jay-jay. Wala'ng inutos sakin si Percy, gusto ko lang

talagang pumunta dito.

At makita sya.

Bumukas ang gate nila kaya agad akong sumakay sa kotse. Ayoko'ng may makakita sakin. Hindi naman ako nabigo sa paghihintay ko. Lumabas si Jay-jay ng gate habang may dalang garbage bag.

Binaba nya yon sa harap lang ng gate nila katabi ng ilang sako ng basura. Papasok na sana sya pero biglang lumabas yung Angelo at parang kinagagalitan sya. Nakayuko lang sya pero pag-alis ng pinsan nya agad syang nag-make face at parang ginagaya yung sinasabi ng Kuya nya.

Ang kulit talaga.

Natawa nalang ako. Sapat na yon, kaya agad kong pina-andar ang kotse at umalis.

I don't exactly know what i'm doing. I'm head over heels with my girlfriend pero ng mapalapit ako kay Jay-jay, bigla nalang akong naguluhan. Mas lalo pang lumala ang lahat ng dahil sa kasunduan namin ni Percy.

Kung hindi kaya ako pumayag, hindi kaya mangyayari to.

Flashback...

My foot is tapping the floor. Almost 4 hours na kaming naghihintay dito sa harap ng O.R. (Operating Room) pero wala pa rin kaming naririnig sa doctor.

Napabuntong hininga ako at napayuko.

"**David...**" Tawag sakin ng Mom ni Cheon. "**...Umuwi ka muna. Kagabi kapa nandito.**"

I force a smile. "**O-okay lang po ako Tita... Hindi rin naman po ako makakatagal sa bahay.**"

"**Kumain ka muna Iho. Ibibili kita. Anu bang gusto mo?**" Alok ni

Tito, Dad ni Cheon.

Agad akong tumayo. "**Hindi na po. Ako nalang po bibili.**"

Ngumiti naman sya sakin at hinayaan ako. Alam kong nag-aalala din sila sakin. Buhat ng ibalik si Cheon sa ospital, hindi pa ko umuuwi. Hindi rin ako maka-kain ng maayos.

Nag-lakad na ko paalis. Wala ako sa sarili at naka-tulala. I don't want to leave. I'm afraid on what might happen while i'm gone. Akala ko magiging okay na sya nung dalin sya sa Hong Kong pero wala rin pala.

Tuloy-tuloy ako sa paglalakad ng may mabunggo ako. I immediately look at him and apologize.

"**S-sorry.**" Sabi ko. "**...Hindi ko sadya.**"

Nakatitig sya sakin na para bang kinikilala ako. Blue ang mata nya kahit muka naman syang pinoy.

"**Okay lang.**" Sagot nya.

Bumalik na ko sa paglalakad at dumiretso sa cafeteria ng ospital. Kahit walang gana pinilit kong kumain, ayoko naman na ako ang sunod na magkasakit.

Pagkatapos kumain, sakto naman na nagtext sakin si Tita. Tapos na ang operation at kakausapin na sila ng doctor. Nagmadali ako sa pagbalik, naabutan ko sila Tita na nakatayo sa harap ng pinto ng opisina ng doctor.

"**Tara... Kakausapin na daw tayo ng Doctor.**" Aya sakin ni Tita.

Pumasok kami sa loob at bumungad samin ang malungkot na muka ng Doctor. I have this bad feeling na hindi maganda ang resulta.

"**Sit down please.**" Sabi ng Doctor samin.

Naupo sila Tita pero nanatili akong naka-tayo. Inilabas nya ang tablet at meron pinindot don bago iharap samin. Isang video ng ultrasound ng puso.

"Hindi po successful ang operation. We don't want to take too much risk. Malaki ang na ang butas sa puso nya kasabay ng pamamaga ng ilang artery----"

Hindi ko na pinatapos ang sasabihin nya. Agad akong lumabas ng opisina nya. Nasuntok ko nalang ang pader sa sobrang bigat ng nararamdaman ko.

"Tsk! Wag mong idamay ang pader."

Natigilan ako sa nagsalita. Agad ko syang tinignan ng masama. Sya yung blue ang mata na nabunggo ko kanina.

"What do you care?!" Inis na tanung ko.

Bakit nya ko pinakiki-alaman? Hindi ko sya kilala at hindi rin nya ko----.

"David Brewer." Sabi nya nagpatigil sakin. **"...Dating president ng Section E."**

H-how did...?

"D-do i know you?"

Ngumiti sya sakin at sa totoo lang, sobra-sobra ang pagtataka ko. I don't know him. He's not a student of HVIS---I know. Somehow he look just like my ages.

"Maybe you heard the name... Percy Rey Collins?" Tanung nya.

Collins?

Isa lang ang kilala kong Collins, si Felix yun. Then i realize it, he is Felix's stepbrother. Pero.... Patay na sya.

"From the way you look at me... I think you already know me." Inabot nya ang kamay nya sakin. **"...Nice to meet you."**

Hindi ko tinanggap ang kamay nya. Mas lalu gumulo ang isip ko. Hindi ko din maintindihan kung bakit sya lumapit sakin. Binawi nya ang kamay nya pero nanatili pa rin syang nakangiti.

"Well... Hindi na ko magpapaligoy-ligoy pa. I would like to offer you a job."

"E-excuse me? A job?"

"Yes... A job." Pag-uulit nya. **"...We can talk about this now. If you have time?"**

Napa-iling ako sa mga sinasabi nya. **"Look... Mr. Who-ever-you-are, i don't know you. Patay na ang kilala kong Percy and i'm not interested to your offer. Now if you'll excuse me----."**

"I can help Ms. Cheon Sa Kim." Putol nya sa sasabihin ko.

Nalilito na ko sa mga nangyayari. Panu nya nalaman ang buong pangalan ng girlfriend ko? And what help is he talking about?

"...Hindi successful ang operation nya. Ayaw na syang operahan ng ibang ospital dahil delikado na at ayaw nilang masiraan ng reputasyon." Pagpapatuloy nya. **"...Ang tanging magagawa nyo nalang ay dalhin sya sa New York. But her family can't afford it."**

Crap!

Panu nya nalaman lahat ng yon? Matagal ng ipinipilit ng nga Doctor na dalhin sya sa New York pero hindi kaya ng magulang nya ang magiging gastos. Nag-offer na rin kami financially pero hindi pa rin aabot.

"You see... I can pay the bills for her. I have a private plane na magdadala sa kanya sa New York safely."

Napayuko ako. He's a total stranger to me. Pero nate-tempt ako sa inaalok nya. Para kay Cheon na ang usapan kaya malaking bahagi ko ang nagsasabi na pakinggan ang sinasabi nya.

"How can i assure that you're telling the truth?" Halos pabulong kong tanung.

Malawak syang ngumiti.**"Let me explain it to you."**

Naglakad sya papunta sa kung saan. Nakasunod lang ako hangang sa huminto kami sa isang kwarto'ng pang-pasyente. Naupo sya sa kama at nagsimulang nagpaliwanag. Nagpakita din sya ng ilang litrato bilang patunay ng mga sinasabi nya.

Ipinaliwanag din nya kung bakit nya gagawin to. Nag-uumpisa na kong maniwala sa kanya kahit wala naman talaga akong tiwala.

"**...Isa lang ang rules ko.**" He said after explaining my job. "**...Wag na wag kang magkaka-gusto sa kanya.**"

Pinilit kong itago ang reaksyon ko. Panu? Panu ko gagawin yun? Panu kung umpisa pa lang may iba na kong nararamdaman?

Pero mas kailangan ako ni Cheon ngayon. Kaya kahit marami pa kong tanung.

"**I accept your offer.**"

EndofFlashback...

Now here i am. So fvcking confuse about my feelings. Hindi ko dapat to nararamdaman. Si Cheon ang mahal ko kaya nga ako nagsakripisyo.

Pero kapag kasama ko si Jay-jay, iba ang tibok ng puso ko.

This is fvcking wrong!

Ayoko ng makisali sa gulo nila Keifer at Yuri.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 185

A/N: NO EDIT

Thanks po sa cover Jasmine Kayepoper Mejia Boniol

Complicated

Jay-jay's POV

'*Love my son.*'

Pakshit lang! Parang sirang plaka sa utak ko yung sinabi ng Mommy ni Yuri. Seryoso?! Sya na yung nakiki-usap na mahalin ko yung anak nya.

Lalu na tuloy akong naguguluhan. Masama pa nito, hindi pa rin sumasagot si Keifer sakin. Hindi pa rin sya umuuwi. Nag-uumpisa na kong mag-alala. Sari-sari na ngayon ang laman ng utak ko.

Parang Halo-halo lang.

Narinig kong may kumatok sa pinto. Bubuksan ko pa lang sana ang pinto pero kusa na yong bumukas at pumasok si Tita Gema.

Balisa ang itsura nya at parang gulong-gulo. Sinira nya ang pinto at hinarap ako.

"Tita?"

"Jay... uhmm... A-anu... K-kasi." Nauutal nyang sabi.

Hindi ko alam kung anung problema. Obvious naman na meron syang gustong sabihin. Muka tuloy syang nagpipigil ng tae sa pwet.

Ppfffttt... Wag ka tatawa!

"Bakit po? May problema po ba?" Tanung ko.

Huminga sya ng malalim. **"Kasi... Jay. A-andyan ang L-lola mo sa sala."**

Napangiti ako agad sa sinabi nya. Nami-miss ko na rin kasi si Lola. Hindi ako nakadalaw sa kanya nung retreat dahil hindi na ko pinayagan ng mga organizer.

Kung anu man ang dahilan kung bakit nandito sya, sobrang natutuwa ako na makasama sya ulit. Pero unti-unti ring nawala ang ngiti ko ng hindi mawala ang pagka-balisa sa muka ni Tita Gema.

"T-tita Gema."

"K-kasama nya ang M-mama mo at... Yung mapapa-ngasawa nya."

Para akong binagsakan ng langit. Ngayon pa talaga? Ngayon pa talaga sya nagpunta kung kailan mabigat ang nararamdaman ko.

Nice!

"Tita... M-masama po pakiramdam ko. Hindi p-po muna ko lalabas ng kwarto." Tuloy-tuloy kong sabi at agad na nahiga sa kama sabay talakbong ng kumot.

Tumabi sakin si Tita Gema at bahagya akong niyog-yog. **"Hindi pwede... Kailangan mong harapin ang Mama mo."**

Padabog kong inalis ang kumot at nagmamaka-awang tumingin sa kanya. Ayoko syang makita, ngayon pa na meron akong pino-problema.

"Ayoko po."

"Jay-jay... Dito rin sila mag-stay kaya magki-kita at magki-kita kayo."

Shutanginames!

Anu bang araw ngayon? Araw ba ng pagpapa-ulan ng kamalasan? Kung hindi ba naman kasi....*Haizt! Kainis!*

Walang buhay akong tumayo. Nginitian ako ni Tita at inakbayan. Lumabas kami ng kwarto at dumiretso sa sala. Si Lola ang una kong nakita kaya kahit papano napangiti ako.

"Apo..." Tawag nya sakin at umamba ng yakap.

Yumakap naman ako agad sa kanya. Hinigpitan ko para mabawi ang mga araw na hindi kami magkasama.

"Miss you Lola." Bulong ko.

"Miss din kita Apo." Sagot nya sakin at hinigpitan din ang yakap.

"Ang sweet naman... Sana yakapin mo din ng ganyan si Mama."

Agad na namatay ang mitya ng kaligayahan sa puso ko matapos marinig ang tinig na yon. Ayoko pa sanang humiwalay ng yakap kay Lola dahil sa totoo lang hindi pa ko handa na makita sya.

Unti-unti akong lumingon sa kanya. Nakangiti syang nakatingin sakin. Ngiti na hindi ko kayang suklian. Ngiti na parang ang sarap burahin sa muka nya.

"**Jay-jay anak...**" Tawag nya sakin habang nag-aabang ng yakap. "**...Naghihintay si Mama.**"

Edi maghintay ka.

Tinignan ko sila Lola at Tita Gema. Ganun din si Kuya na sinesenyasan ako na lumapit kay Mama. Wala akong nagawa kundi ang yakapin sya.

Pabango nya ang unang sumampal----este napansin ko. Iba kasi ang amoy nya sa huling naalala ko. O sadyang sobrang tagal na nung huli ko syang nakasama kaya hindi ko maalala.

Kung pagmamasdan sya, parang wala syang pinagbago. Mas gumanda pa sya at nagmukang bata. Kita'ng kita na rin ngayon ang pagkaka-hawig namin.

Pinilit kong humiwalay sa kanya. Hindi ko alam kung bakit pero hindi ako maka-tagal. Parang ayaw ng katawan ko na dumikit sa kanya. Agad akong bumalik sa tabi ni Tita Gema.

Halatang nagtaka si Mama pero pilit nyang idinaan sa ngiti. "**Kamusta ka na? Wala akong balita sayo masyado.**"

"**A-ayos lang...**" Naiilang na sagot ko.

"**Ang pag-aaral mo? Kamusta?**" Tanung nya pa.

Wag kana magtanong!

"**A-ayos lang din.**"

Alam kong hinihintay nyang magkwento ako. Pero ayoko'ng gawin yon. Ayokong magsabi ng kahit ano sa kanya. Katahimikan ang namayani samin.

Bigla nalang may pumasok na lalaki sa pinto. Sa kanya napunta ang atensyon naming lahat. Meron syang dalang paperbag.

"**Hon!**" Tawag ni Mama at inakay sya palapit samin. "**...Eto nga pala ang anak ko.**"

A-anu?! Bakit ganun?!

Ang bilis ng tibok ng puso ko. Nakakaramdam ako ng takot kahit wala na mang dahilan. Napahawak ako kay Tita. Alam kong ramdam nya ang panginginig ko.

Ngumiti yung lalaki at inabot sakin ang dala nya. "**Para sayo.**"

Ayaw!

Tumingin ako kay Tita na parang nagsasabi ng '*tatanggapin ko ba?*'. Hinawakan nya ang kamay ko at nag-nod.

Dahan-dahan kong inabot ang kamay ko para tanggapin ang dala nya. Malawak na ngumiti si Mama ng makita nyang tinanggap ko yun. Hindi ko na tinignan ang laman nun, bumalik ulit ako sa tabi ni Tita.

"**Jay-jay... Sya na nga pala ang magiging Papa mo. Ikakasal na kami.**" Buong galak na sabi ni Mama habang nakayapos sa braso nung lalaki. "**...Batiin mo ang Papa Andy mo.**"

Inabot nung Andy yung kamay nya sakin. "**Nice to meet you Jay-jay.**"

Yan ang bagay na hindi ko gagawin. Labag sa loob ko na makipag-usap sa kanila. Tapos makikipag-kamay pa?! Muli akong kumapit kay Tita Gema.

"**Jay-jay.**" Tawag sakin ni Kuya. "**...Nakikipag-kilala sya ng maayos sayo.**"

Bakas ang otoridad at pag-uutos sa boses ni Kuya Angelo. Hindi ko namalayan na lumapit na pala si Mama sakin. Hinawakan nya ko sa magkabilang braso at pilit nilapit dun sa Andy.

"**M-mama...**" Tawag ko sa kanya para sana patigilin sya pero ayaw talaga nya magpa-awat.

Hininto nya ko sa harap nung Andy. Bakas ang pagtataka sa kanya dahil sa inaasta ko. Ganito na talaga ko, wala na kong magagawa pa.

"**Makipag-kilala ka ng maayos sa Tito Andy mo.**" Utos ni Mama.

Bakit ako?! Pwede namang kayo nalang. Yung tipong---eto si Jay-jay, eto si Andy pwede na kayong magpatayan.

Tinignan ko si Mama at halata na sa kanya ang pagka-inis. Sabagay, nakaka-badtrip naman kasi talaga yung ginagawa ko. Anung magagawa ko? Nakakaramdam talaga ako ng takot.

Hindi ako makaka-alis dito sa pagmamatigas ko. No choice.

"**A-ako po si Jay-jay... Salamat po d-dito.**" Halos pabulong kong sabi.

"**You're welcome... Sabihin mo lang kung may kailangan ka pa.**"

"**S-sige po.**"

Ngumiti sya sakin at inabot ang kamay nya para tapikin ako sa braso. Pagdikit ng palad nya sakin, parang may kuryente na bigla nalang kumapit sakin. Awtomatikong tumaas ang kamay ko para itulak ang kamay nya palayo sakin.

Shit! Wag mo ko hahawakan!

Sobrang bilis ng tibok ng puso ko. Bumalik na naman yung takot na nararamdaman ko at pakiramdam ko may mangyayaring hindi maganda.

"**Jay-jay!**" Sigaw ni Mama. "**...Anu ka ba! Bakit mo ginawa yun?!**"

Agad na lumapit sakin si Tita at inalalayan ako. "**Okay ka lang ba?**"

Hindi ako makasagot. Binitawan ko yung paperbag na hawak ko para mayakap ang sarili ko. Hindi mapakali ang paningin ko sa pag-

tingin sa paligid.

Hindi ko maintindihan pero kakaiba yung takot na nararamdaman ko.

"**Jay... Anung nangyayari sayo?**" Tanung sakin ni Lola.

"**Ma! Paki-pasok muna si Jay-jay sa kwarto.**" Utos ni Kuya Angelo.

Naka-alalay sakin si Tita Gema papunta kwarto ko. Kahit malayo na kami kila Mama, iba pa rin yung pakiramdam ko. Pagpasok sa loob agad na isinara ni Tita ang pinto. Naupo ako sa kama at tumitig sa kung saan.

"**Okay ka lang? Anu nangyari? May masakit ba sayo? May naalala ka ba?**" Sunod-sunod na tanung nya.

Puro iling lang ang sinagot ko sa kanya habang nakatitig parin sa kung saan. Kahit nalilito ako sa mga tanung nya, nangingibabaw sakin ang takot. Alam kong nakaramdam na ko ng ganito dati pero hindi ko alam kung saan. Kakaiba! Sobrang kakaiba. Para akong batang musmos na takot sa palo ng magulang.

"**...Jay-jay. Magsalita ka, please.**" Paki-usap pa ni Tita. "**...sabihin mo kung anu yung nararamdaman mo.**"

Natatakot ako.

Ganito rin yung naramdaman ko nung magkita ng nagpakilala saking Tony dela Cruz. Halos kapareho nito yun. Kahit hindi ko sya kilala parang ayaw lumapit ng katawan ko sa kanya.

Malakas na katok ang gumising sakin sa malalim na pagkaka-isip. Bumukas ang pinto at galit na tumingin sakin si Mama.

"**Bakit ganun ang ginawa mo sa Tito Andy mo?!**" Tanung nya habang nakaturo. "**...nakakahiya yun! Ang sabi ko pa naman mabait kang bata! Tapos ipinahiya mo sya!**"

"**Jeana... Intindihin mo naman si Jay-jay.**" Sagot ni Tita Gema sa kanya.

Sa kanya lumipat ang galit na tingin ni Mama. "**Intindihin?! Ipinahiya nya si Andy sa harap natin! Gusto mong intindihin ko pa?!**"

"**May pinag-dadaanan yung bata!**" Pagpipilit ni Tita. "**...Hindi naman basta-basta makakapag-adjust yan!**"

"**Wag mo nga akong pangaralan tungkol sa anak ko!**"

"**Hindi ko kita pina-ngangaralan!**"

Patuloy sa pagtatalo sila Tita at Mama. Hindi ko maiwasan na hindi mapaluha sa nakikita ko. Kung sino pa yung hindi ko Nanay, sya pa yung umiintindi sakin. Bakit ganun?

"**Pwede lumabas ka muna? Kakausapin ko lang muna ang anak ko!**" Sabi ni Mama.

"**Pasensya na pero hindi ko iiwan si Jay-jay.**" Matapang na sabi ni Tita.

Napabuntong hininga si Mama at kita ko ang matalim nyang pag-irap. Sa halip na sumagot pa, bahagya nalang nyang tinulak si Tita para makalapit sakin. Umupo sya sa tapat ko.

"**Jay... Anak.**" Mahinahon nyang sabi. "**...Kailangan mong tanggapin ang Tito Andy mo. Pagkasal na kami, titira ka samin kahit sandali lang. Bago ka man lang ikasal dun kay Yuri.**"

Wow...Wow magic sing!

Hindi ako makapaniwala sa sinasabi nya. Napaka-daling sabihin pero napaka-hirap gawin. Binanggit pa talaga nya si Yuri. Binaggit pa talaga nya yung kasal na pinayagan nya ng walang permiso ko.

Ang galing!

Kasabay ng pagbagsak ng luha ko ang pagsiklab ng galit ko sa kanya.

"**Pwedeng lumabas kana ng kwarto ko.**" Mahinahong paki-usap ko.

"**Jay-jay.**" Tawag sakin ni Tita Gema.

Tinignan ko si Mama at kita ko sa kanya ang pagkabigla sa sinabi ko. Ayokong maging bastos lalo na sa kanya. Pero nasagad na talaga ko ng galit ko.

"**Umalis kana. Nakiki-usap ako sayo.**"

"**B-bakit ganyan ka makipag-usap sakin?!**" Galit na tanung nya. "**...Yan ba ang tinuturo nila sayo dito?!**"

"**Wag kana magtanong pa! Umalis ka na lang!**" Sigaw ko.

"**Jay-jay!**" Sita sakin ni Tita Gema pero hindi pa rin ako nag-patinag.

"**Wag mo kong sigawan! Baka nakakalimutan mo kung ano mo ko!**"

Nakipagsabayan ako ng tingin sa kanya. "**Alam ko! Pero kung hindi ka pa aalis, baka kalimutan ko talaga kung anu kita!**"

Kahit labag sa loob nya lumabas sya ng kwarto ko. Pagsara ng pinto kusang bumagsak ang mga luha ko. Agad na tumabi sakin si Tita para yakapin ako.

"**Ssshhh... Jay-jay.**" Sabi ni Tita habang hinihimas ang likod at buhok ko.

"**B-bakit ganun? Bakit h-hindi ako masaya n-na makita sya?**"

Humigpit ang yakap sakin ni Tita. Hindi nya sinagot ang tanung ko. Patuloy ako sa pag-iyak at sa totoo lang, kay Tita Gema ko nararamdaman ang hindi ko maramdaman kay Mama. Yung pagiging Ina sa anak nya.

Nang mapagod ako sa pag-iyak, hinayaan ako ni Tita Gema na matulog muna. Gusto ko ding matulog at kung pwede lang pag-gising ko, wala na sila.

Dapit hapon na nang magising ako. Ayoko pa sanang bumangon pero nag-uumpisa ng sumakit ang ulo ko. Pinakiramdaman ko ang

mga tao sa baba. May naririnig akong mga nag-uusap at nagtatawanan.

Andyan pa sila! Patiwakal na Jay!

Bagsak ang balikat kong dumiretso sa banyo. Tuloy ligo na ang ginawa ko. Mas matagal ako sa ilalim ng shower kumpara sa dati kong ginagawa. Ang bigat sa pakiramdam ng makasama ko sya sa bahay.

Hindi ko alam kung bakit ako nagkakaganito. Dati sabik akong makita sya. Lalu na nung panahong nasa ospital ako. Dun ko napatunayan na masakit umasa sa wala. Habang tumatagal ako kila Lola non, unti-unti na kong hindi umaasa sa kanya.

Masakit pa kapag may pupunta samin at sasabihing nasa police station daw si Mama dahil pinakulong ng kaaway nya. Hindi na ko sumasama dahil ayoko syang makita sa ganung kalagayan. Kapag tinatanong ako ng mga tao tungkol sa kanya, hindi ko masagot dahil hindi ko naman sya nakikita.

At don unti-unti'ng pumapasok sa isip ko na hindi ko na pala sya kilala. Hindi ko na pala kilala ang sarili kong ina. Pangalan nalang ang alam ko sa kanya at sapilitan pa ang pagtawag ko sa kanya ng Mama.

Kasabay ng pagbagsak ng tubig mula sa shower ang pagtulo ng luha ko. Nakakainis! Ayoko'ng umiiyak. Nakakapagod, nakakasawa at nagmumuka akong mahina.

Napayuko ako kasabay ang pagpigil ko na mapaiyak ng malakas. Hindi ko mapigilan. Yung ilang taon kong luha na naipon para sa kanya, ngayon na yata gustong lumabas.

Bumabalik sakin lahat, yung mg araw na nakaupo ako sa pintuan ng bahay ni Lola. Inaabangan ko sya dahil birthday ko at umaasa akong babatiin nya ko ng personal. Kahit walang regalo at kahit walang handa basta dumating lang sya.

Pasko at bangong taon na nagbalot ako ng regalo para sa kanya. Hindi sya dumadating kaya ibinibigay ko nalang kay Lola. Yung

mga araw na may sakit ako at sya ang hinahanap ko.

At ang pinakamasakit sakin. Nung araw na dumalaw sya sa bahay. Sabi ko hindi na ko aasa na matutuloy yon pero ng magtext sakin si Lola, agad akong imuwi. Hindi na ko pumasok sa huling subject ko non makita lang sya. Tapos pagdating ko, umalis na sya.

Para bang iniiwasan talaga nya ko. Para bang ayaw talaga nyang magkita kami. Buhat ng araw na yon, hindi na ko naniwala na magpapakita pa sya sakin. Sobrang sakit sakin na sarili ko pang Ina ang lumalayo at umiiwas.

Napaupo ako sa sahig dala ng panlalambot ng tuhod. Ayokong umiyak ng malakas dahil maririnig ako sa labas at baka mag-alala sila. Mabigat ang bawat paghinga ko, para akong sinasakal.

Bakit ba sakin nangyayari to? Anung bang ginawa kong masama?

Wala na kong kinikilalang Ama, bakit kailangan pati ng Ina mawalan ako? Bakit kailangan sa ibang tao ko pa maramdaman yung pagmamahal ng pamilya? Sa mga taong hindi ko inaasahan na magiging parte ng buhay ko.

Mga pesteng Ulupong!

Pinilit kong patahanin ang sarili ko. Masyado na kong babad sa tubig at anu mang oras, alam kong kakatok na sila Tita para gisingin ako.

Mabilis akong nagpunas at nag-ayos. Pagbukas ko ng pinto, ganun nalang ang inis ko ng makita ko si Mama. Naghahalungkat sya sa cabinet ko.

"**Anung ginagawa mo?**" Seryosong tanung ko.

Humarap sya sakin na nakangiti habang hawak ang isang dress. "**Sa wakas natapos ka ding maligo... Kanina pa kita hinihintay.**"

Napataas ang isang kilay ko. "**Oh?**"

Hindi sya sumagot. Hawak pa rin nya ang dress ko at humarap sa salamin. Tinapat nya sa katawan nya yon na parang namimili ng

damit sa pamilihan.

"**Bagay?**" Tanung nya.

Hindi ko masabing '*hindi*' dahil kung tutuusin mas bagay sa kanya. May katangkaran si Mama at maganda ang hubog ng katawan. Sinong mag-aakala na dalawa na ang naging anak nya? Kaya hindi na rin ako nagtataka kung bakit ang daming lalaki ang nagkakagusto pa rin sa kanya.

"**Yan lang ba ang pinunta mo dito?**" Tanung ko na nagpatigil sa kanya.

Ngumiti syang pilit kahit nagmumuka na yong plastic. "**Ipipili kasi kita ng damit. Para sa family dinner natin.**"

Family dinner?

"**Family pala tayo?**" Sarcastic na tanung ko.

Matalim ang naging tingin nya sakin. Siguro bukod sa itsura, nakuha ko din ang ugali nya. Hindi sya plastic na tao. Kung galit sya----galit sya, kung ayaw nya----ayaw nya at kung makikipagaway sya----ready sya.

Ibinaba nya ang dress sa kama at daha'ng-dahang lumapit sakin. Huminto sya sa harap ko na hindi inaalis ang tingin nya.

"**Jay-jay... Sinusubukan kong bawiin yung mga pagkukulang ko sayo. Pero kung sasagarin mo ko, kahit 17 ka na. Didisiplinahin pa rin kita sa paraang alam ko. Naiintindihan mo ba?**" Mahinahong sabi nya.

Hindi ako sumagot. Sinabayan ko ang tingin nya sakin. Wala naman akong balak patulan sya. Ayoko din namang mawala yung natitirang respeto ko sa kanya.

"**Hindi ako sasama sa dinner nyo. Salamat nalang.**" Sabi ko at nilagpasan sya para makalapit sa closet ko.

Kumuha ako ng pambahay na damit. Tshirt at short lang. Alam kong hindi pa rin sya umaalis ng kwarto ko kaya naman umarte

akong inaayos ang nagsabog na damit ko.

"**Okay...**" Sabi nya kasabay ng pagbubuntong hininga. "**...Hindi na tayo lalabas, dito nalang tayo sa bahay mag-family dinner.**"

Hindi na nya hinintay ang sagot ko. Saktong paglingon ko ay ang pagbukas nya ng pinto ng kwarto ko at lumabas sya.

Nice! Ipipilit talaga nya ang gusto nya.

Naibato ko ang hawak kong tshirt sa kama sa sobrang inis. Kung pwede lang wag na silang mag-stay dito. Pabagsak akong nahiga sa kama at tumitig sa kisame.

Gusto kong pagmasdan ang muka ni Mama pero malaking bahagi ko ang nakakaramdam ng galit tuwing makikita ko sya. Ang bata pa rin ng itsura nya. Sabagay, 16 lang si Mama ng mabuntis sya kay Kuya. Tapos 17 naman nung ipinanganak nya ko.

Ay 34 pa lang sya!

Kaya pala ganun ang itsura nya. Malalim na buntong hininga ang pinakawalan ko. Kingina kasi! Hindi ganito yung inaasahan kong pagkikita namin.

May kumatok sa pinto ng kwarto ko kaya agad akong tumayo. Unti-unti'ng bumukas ang pinto at iniluwa nito yung Andy----na bagong asawa ni Mama.

Agad na nagsalubong ang kilay ko. Presensya pa lang nya kakaiba na. Ayoko syang makasama sa bahay.

"**H-hi...**" Naiilang nyang bati. "**...pwede ba kong pumasok?**"

"**Kapag sinabi kong '*hindi*'? Tutuloy ka ba?**" Sarkastikong tanung ko.

Bahagya syang tumawa na puno ng pagkailang. "**I-itatanung ko lang sana kung, anu gusto mong dinner? Magpapa-deliver kami.**"

Napataas ang isang kilay ko. "**Bakit ako tinatanung mo? Ako lang**

ba kakain?"

Bahagya syang yumuko at napahiya, kita ko din ang pagka-pikon nya. Gusto kong malaman kung hangang saan ang pasensya nya at anung kaya nyang gawin kapag napuno sya.

"Hindi sa ganun... Gusto ko din kasing marinig ang opinion mo." Seryosong sabi nya.

"Kahit anu... basta eatable." Bored kong sagot.

Halata ang pagkalito sa itsura nya. Hindi yata nya alam ibig sabihin ng '*eatable*'. Kay Ci-N ko narinig ang salitang yun. Galing sa salitang '*eat*' at ibig namang sabihin ay pwedeng kainin.

"Sige... Sasabihin ko nalang Mama mo." Sagot nya sakin.

Akala ko aalis na sya pero nanatili pa rin syang nakatayo sa pinto ng kwarto ko. Tinitigan ko sya para sana iparating sa kanya na umalis na sya. Pero hindi sya natinag at parang may gusto pang sabihin.

"May kailangan ka pa ba?" Tanung ko.

Yumuko sya at nagbuntong hininga. **"Look... Alam kong naiilang ka sakin----."**

"Buti alam mo." Putol ko na kuwaring natutuwa sa sinabi nya.

Nawala ang hiyang nararamdaman nya at alam kong napikon na sya. Diretso nya kong tinignan. Eto lang ang hinihintay ko ang magalit sya at pagsalitaan ako.

Tignan natin... Andy!

"I'm trying to understand your situation here. I don't want to force you to like me as your father but please learn the word '*respect*'." Seryosong sabi nya.

Napangiwi ako. Yun na yon? Nagalit na sya non? Alam kong meron pa at gusto kong makita yon.

Tumayo ako at bored syang tinignan. "**Respect? I never learn that word.**" Ngumiti ako sa kanya na halatang plastic. "**...and like you as my father? I don't think so. Meron akong Ama at Jasfher ang pangalan nya.**"

Hindi sya nakapagsalita. Nag-nod sya kasabay ng pagpipilit ng ngiti. Ayoko mamahiya pero hindi ko maiwasan. Ayoko din magsalita ng hindi maganda pero nagawa ko na. Ayoko'ng iparamdam sa kanya na hindi ko sya gusto pero hindi naman talaga.

"**Tatawagin ka nalang namin kapag ready na ang dinner.**" Sabi nya at tuluyan ng umalis.

Alam kong kakagalitan ako sa ginawa kong yon. Siguro ihahanda ko nalang ang sarili ko, lalu na sa bibig ni Kuya Angelo. Hindi nila ko maiintindihan kaya okay lang.

Ire-ready ko na ang tenga!

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ++

Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 186

A/N: NO EDIT
Sa lahat po ng magpost ng cover na gawa nila sa fb. Don't forget to put your username para po mamention ko kayo. Thank you.

Thanks po sa cover. JessaMaeSuyo

Fiancé vs. boyfriend?

Jay-jay's POV

Hinintay ko. Hinintay ko na kagalitan ako sa ginawa ko. Sugurin at sumbatan pero wala. Walang gumawa non kahit isa sa kanila.

Taka ako sinusundan sila ng tingin habang nag-aayos ng hapag kainan. Nakatawa si Lola habang nakikipag-kwentuhan kay Andy'ng epal.

Nagvi-video ako dito! Epal!

"**Jay-jay!**" Tawag sakin ni Tita Gema. "**...tulungan mo ang Mama mo sa kusina.**"

Sapilitan ang pag-nod ko. "**S-sige po.**"

Halos kasabay ko yung Andy pumunta ng kusina. Bahagya syang nauna at agad na sinalubong sya ni Mama ng halik.

Yung bigla ka nalang nandiri sa salitang '*halik*'. *Yack!!!*

"**Jay... Anak. Paki-dala naman to.**" Utos ni Mama.

Nakangiti sya sakin habang tinuturo ang isang malaking bowl na puno ng kanin. Inirapan ko naman sya bago kuhanin yon at idiretso ng dining.

Pag-angat ng tingin ko muntik ko ng mabitawan yung bowl sa pagkabigla.

Anak ng shutanginames!

"**Hi...**" Naiilang na bati sakin ni Yuri.

Nagpa-ulan talaga ng malas ngayon. Pero bakit parang ako lang ang sumalo?

Binaba ko ang hawak ko sa lamesa at takang tumingin sa kanya. Gusto kong magmura ng malakas. Yung sa sobrang lakas itatakwil na ko ng langit.

May hawak syang bouquet na ang ganda sana sa paningin pero ang sarap din ilagay sa ibabaw ng magiging nitso nya. Inis ko syang tinignan. Hindi ako natutuwa sa pagdating nya at gusto kong maramdaman nya yun.

Ang totoo, masama pa rin ang loob ko sa kanya. Matapos nyang

sabihin na sya ang nag-set ng sakal----este kasal. Ewan ko, pakiramdam ko napagtulungan nila ako. Pinoproblema ko na nga si Mama sasabay pa sya.

Ang galing! Palakpakan natin!

"At sino naman tong gwapong binata na to?" Malanding tanung ni....**ehem** Mama.

Ngumiti naman na abot hangang tenga si Yuri. *Naks! Gwapo*----ng sahig! Ang gwapo ng sahig. Galit nga ako sa kanya kaya hindi ko sya dapat purihin.

"Good evening po. I'm Yuri Hanamitchi..." Pakilala nya at inabot ang dalang bouquet kay Mama. **"...para po sa inyo."**

Mabilis naman nya yung tinanggap. Kinikilig pa sya habang inaamoy-amoy ang bulaklak.

Wew!

"Ikaw pala yung magiging asawa ng anak ko." Nakangiting sabi ni Mama kay Yuri. **"...Tawagin mo na rin akong Mama."**

Parang iba yung dating sakin nung sinabi nya. *Kakaibang Mama*! Nakarinig kami ng tumikhim. Napalingon kami kay Andy na nasa likod lang pala nya.

"Ay! Eto nga pala ang mapapangasawa ko. Si Andy Estrada." Pakilala nya.

Naglahad naman ng kamay si Yuri. Sandali iyong tinignan ni Andy bago tanggapin.

Yung bigla nalang akong nawala sa paningin nila. Hindi kaya multo nalang ako? Wala ng pumansin sakin nung dumating tong Yuri na to.

Pero hindi ako nalungkot. Naging pabor sakin yon para makalabas ng bahay ng hindi nila namamalayan. Busy si Kuya Angelo sa cellphone nya. Si Lola naman sa pakikipag-kwentuhan kay Tita Gema habang nag-hahain.

Madilim ang langit, walang bitwin at malamig ang hangin. Mukang uulan na naman. Tinignan ko ang cellphone ko, nagbabaka-sakaling may sagot man lang sya kahit isa sa text ko. Pero wala pa rin.

Shit lang!

Nag-uumpisa na kong magsisi. Kung bakit kasi hinayaan ko si Yuri na halikan ako ng araw na yon. Kung bakit kasi hindi ko siniguro na okay kami bago umuwi sa kanya-kanya'ng bahay.

Nakaramdam ako ng presensya ng tao sa likod ko. Bahagya akong lumingon at nakita ko syang nakatingala din sa langit. Malalim ang buntong hininga ko.

"**Anung ginagawa mo dito?**" Tanung ko kay Yuri.

"**Sinasamahan ka----.**"

"**Hindi dito!**" Inis na sabi ko habang nakaturo sa daan. "**...Dito samin, dito sa bahay!**"

Bahagya syang yumuko. "**Tinext ako ni Angelo. Ipapakilala daw nya ko sa Nanay mo.**"

Hindi na ko nagsalita. Muli akong tumingala. Pinakiramdaman ko ulit ang hangin na yumayakap sakin. Ang tahimik na paligid ang bahagyang luminis sa isipan ko.

May dalang walis.

"**Yung Mama mo...**" Basag ni Yuri sa katahimikan. "**...kamuka mo sya.**"

Tinignan ko sya na kuwaring namamangha. "**Talaga? Hindi ko alam yun.**"

Sa halip na mainis sa ginawa ko, pinagtawanan lang nya ko. Sinabi ko yon para mainis sya hindi para matuwa. Malamang ako ang anak at marami na nagsabi sakin na kamuka ko sya kaya hindi na bago yung narinig ko galing sa kanya.

"**Ang bata nya pa tignan... Ilang taon na sya?**" Pagpapatuloy nya

hindi pinapansin ang inis na tingin ko sa kanya.

"**34 ata.**" Walang buhay kong sagot. "**...hindi ko talaga inalam, kaya wag kana magtanong.**"

"**34? You mean... 16 or 17 lang sya nag-asawa?**"

"**Oo... Parang tayo ngayon kung itutuloy mo yung kasal.**" Sarkastikong sagot ko sa kanya.

Bahagya syang tumawa. "**Hindi naman kita agad aanakan.**"

Putik!

Yung bigla nalang akong kinilabutan matapos nyang sabihin yung word na '*aanakan*'. Creepy ang putik! Sana gumamit muna sya ng ibang word. Ayos din tong tao na to.

Inis ko syang tinignan. "**Tsk! Pumasok ka na nga sa loob!**"

"**B-bakit?**"

"**Ayaw kitang kasama... Dun ka sa loob.**"

Sumeryoso ang muka nya na may halong lungkot. "**Jay-jay... Alam kong galit ka sakin. Hindi ko na mababago yun. But i will still apologize.**"

Naitakip ko ang kamay ko sa muka bago ilipat yon sa pisngi ko. Nabuntong hininga din ako para pagaanin ang dibdib ko kahit kaunti. Ayokong tuluyang magalit sa kanya.

"**Kung hindi mo nare-realize. Ipapaliwanag ko sayo... Kung hindi mo sinet yang kasal na yan, hindi sana tayo ganito. Hindi sana ko naguguluhan at higit sa lahat hindi sana kita nasaktan.**" Mahinahong paliwanag ko.

Andun sana ako sa loob at kumakain na.

"**Nung una pa lang... Hinanda ko na yun sarili ko sa sakit. Alam ko kasi, iba yung tingin mo kay Keifer kaya may clue na ko na iba yung feelings mo sa kanya.**" Tumingala sya sandali. "**...pero**

umasa ako lalo na nung umo-o ka sa engagement na to."

"Dahil akala ko wala ng ibang paraan. Mag-aaway at mag-aaway lang kami ni Kuya Angelo kakapilit ng kasal na to. Tsaka isa pa..." Nagdadalawang isip ako kung sasabihin ko pa pero kailangan din nyang marinig. **"...k-kagaya ng Mama mo. Hindi ko din kaya na makita ka ulit na masaktan. Gusto ko namang maranasan mo ding maging masaya..."** Napayuko ako. **"...pero hindi pala ako ang makakagawa non."**

Kung alam mo lang kung ganu ko gustong mahalin ka din kagaya ng pagnamahal mo sakin.

Kaso hindi ko mapilit yung sarili ko. Kaso hindi ko mautusan ang puso ko. Bawat oras na sinisiksik ko sa kokote ko, si Keifer ang unang pumapasok sa isip ko. Kumakaway at sinasabing '*tss*' sa utak ko.

Nag-uumapaw sa kamanyakan, kalandian at kagwapuhan habang may hawak na alak sa isang kamay at sigarilyo naman sa kabila. Suot-suot ang pulang boxer na may ulo ng raindeer----*Teka nga!*

Bakit ba yun ang iniisip ko?!

"I understand... But there's no turning back. I won't take it back. Hindi ako susuko at hindi ko hahayaan na mapunta ka kay Keifer." Seryosong sabi nya.

Napa-awang ang bibig ko. Umurong na naman ang dila ko para magsalita. Hindi na naman sila nakisama kung kelan ang dami kong gustong sabihin.

Tama na Yuri!

"Jay-jay? Yuri?" Tawag ni Mama mula sa gate.

Tinignan sya ni Yuri samatalang hindi naman ako tuminag o gumalaw man lang.

"Pasok na... Kakain na tayo." Aya ni Mama samin.

"Sige po. Mauna na po kayo, susunod po kami." Sagot ni Yuri.

Ngumiti sa Mama sa kanya at pumasok na. Binalik sakin ni Yuri ang tingin. Nanatili ako sa kung anung posisyon ko kanina.

"**Tara na... Hinihintay na tayo sa loob.**" Sabi nya habang palapit sakin.

Agad akong humakbang palayo. "**H-hindi kita m-maintindihan.**"

Huminga sya ng malalim. "**Sa ngayon, hindi mo talaga maiintindihan.**"

Napailing nalang ako. Ang gulo-gulo na nga, lalo pa nyang ginugulo. Padabog akong pumasok sa loob at hinayaan sya sa labas. Alam ko namang susunod sya.

Pwede ring wag na!

Dumiretso ako sa dining area nila Tita Gema kung saan naririnig ko ang malakas na tawanan at kwentuhan nila. Maraming bakanteng upuan pero yung katabi ni Mama yung may naka-handang plato.

Ayokong tumabi sa kanya kaya naman umupo ako sa tabi ni Lola. Walang naka-handang plato at kubyertos dun. Taka akong tinignan ni Lola pero hindi ko nalang pinansin.

"**Jay-jay... Dito ka maupo sa tabi ko.**" Utos ni Mama.

"**Dito na nalang... Mas gusto kong katabi si Lola.**" Seryosong sagot ko.

Tanging pag-ngiti nalang ang nagawa nya. Alam kong sakin nakatuon ang mga tingin nila pero pinili kong wag pansinin yun. Lalu na ang tingin ni Kuya Angelo.

Baka mamatay ako!

Naupo na rin si Yuri sa tabi din ni Lola. Kung saan sana ako ang katabi nya sa kabila. Hindi ko sya tinignan at tinuon ang pansin sa lamesa. Binigyan ako ng katulong ng plato at mga kubyertos.

"**Magdasal muna tayo...**" Sabi ni Lola at nag-antada.

Sumunod naman kami at nagsimulang magdasal. Pagkatapos non ay nagsimula na silang kumain. Wala akong gana, kahit anung dami at sarap ng pagkain sa harap ko, hindi ako makaramdam ng gutom.

"**Kumain kana Apo.**" Bulong sakin ni Lola.

Ngumiti ako at akmang kukuha ng pagkain pero bigla nalang pumasok yung maid nila Tita.

"**Excuse me po.**" Sabi nya. "**...meron pong tao sa labas. Hinahanap po si Miss Jay-jay.**"

Tinignan nila kong lahat. Wala akong ideya kung sino man yong tao na yon. Hindi ko alam kung anung trip nya para puntahan ako ng ganitong oras.

"**May hinihintay ka bang bisita?**" Tanung sakin ni Tits Gema.

Wala naman. Umiling ako.

"**Sino daw po sya?**" Tanung ni Kuya sa maid.

"**A-ayaw pong ipasabi.**" Sagot nung maid.

"**Puntahan mo na Jay. Baka mahalaga yon.**" Utos ni Lola.

Tumayo si Yuri kasabay ko. Taka akong napatingin sa kanya. Hindi ko alam kung sya na ba si Jay-jay ngayon.

"**Sasamahan kita.**" Sabi nya.

"**Wag na... Ako nalang.**" Walang gana kong sagot.

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nya. Umalis ako at agad na dumiretso sa labas. Ang daming naglalaro sa isip ko habang naglalakad.

Ang weird sa pakiramdam.

Paglabas sa gate natigilan ako. Pakiramdam ko huminto ang lahat sa paligid ko. Maging ang oras huminto din----sa isipan ko.

Almost four days. Almost four days nyang hindi sinasagot ang tawag

at text ko. Almost four days akong nagpabalik-balik sa bahay nila para kamustahin sya. Almost four days syang hindi nagpakita sakin. Almost four days akong napuyat kakaisip sa kanya.

"**Keifer...**" Halos pabulong kong sabi.

Magulo ang buhok, malalim ang mata at gusot ang damit. Pero kahit ganun, ang gwapo pa rin nyang tignan. Tipid na ngiti ang binigay nya sakin. Dahan-dahan akong lumapit sa kanya.

Gusto ko syang sigawan at murahin. Gusto ko syang suntukin sa muka. Gusto kong magalit sa kanya dahil pinag-alala nya ko. Kung anu-anung naglaro sa isip ko. Akala ko sinaktan na sya ng Daddy nya.

Pero urong ang ang dila ko sa titig nya. Almost four days pero parang ten years na ang nakalipas. Ang dami kong gustong itanung sa kanya. Kung bakit nawala sya. Kung bakit hindi sya nagpakita sakin. Kung bakit hindi man lang nya ko tinawagan. Pero sa lahat ng tanung ko eto lang ang lumabas sa bibig ko.

"**K-kumain k-ka na b-ba?**"

Bahagya syang tumawa at naglakad palapit sakin.

"**B-bakit----?**"

Hala sya!

Hindi ko na natapos ang itatanung ko. Hinawakan nya ko sa kamay at hinatak palapit sa kanya. Nasubsob ako sa dibdib nya sa pagkabigla. Mahigpit ang yakap nya sakin.

"**I miss you...**" Bulong nya.

Naipikit ko ang mata ko. Ninanamnam ang bawat salitang binitawan nya. Ang boses nyang parang bago sa pandinig ko. Kusang yumakap ang mga kamay at braso ko sa kanya. Pinantayan ko ang higpit ng yakap nya na para bang binabawi ang mga araw na wala sya.

"**I miss you more.**" Bulong ko.

Habang tumatagal ang yakap namin, dun ko lang sumusuot sa ilong ko ang amoy nya. May halong alak, sigarilyo at halatang pinatungan ng pabango. Nakakainis ang amoy. Pero sa mga oras na to, eto na ang pinaka-mabangong pabango para sakin.

"**S-saan ka galing?**" Tanung ko habang naka-yakap pa rin sa kanya.

"**London.**" Tipid nyang sagot.

Humiwalay ako sa yakap at taka syang tinignan. *Seriously?!*

"**London?**"

"**London. England. United Kingdom.**" Pag-lilinaw nya.

"**U-umano ka don?**"

"**Nakipag-kita sa pinsan ko.**" Seryosong sagot nya.

"**Pwedeng ipaliwanag mo ng maayos.**" Paki-usap ko.

Isang tanong, isang sagot kasi ang nangyayari. Hindi kami magkakalinawan nito. Baka bukas pa kami matapos sa usapan.

"**It's about Kaizer, my *Dad*. I visit my cousin ang other relatives, hoping that one of them can help me...**" Huminga sya ng malalim. "**...pero ayaw nila kong tulungan. Wala na kasi silang paki-alam samin.**"

Yun pala yung dahilan kaya hindi sya nagpaparamdam. Nahihirapan na siguro sya sa gulo nila ng Daddy nya. Kahit naman ako mahihirapan sa ganung sitwasyon.

"**B-bakit naman daw?**" Tanung ko na may halong pag-aalala.

Magkakamag-anak sila dapat tulungan nila ang isa't-isa. Ngayon na walang gaurdian si Keifer sa tabi nya, dapat alalayan nila sya.

"**Yon ang problema sa mga Watson. Kung walang pakinabang sa kanila, walang dahilan para pakialaman nila...**" Ngumiti sya pero naging mapait yun. "**...wala silang mapapala sakin kaya ayaw nila kong tulungan.**"

Napayuko ako. Wala na syang Nanay tapos wala pa syang kamag-anak na malalapitan. Parang ang hirap ng kalagayan nya. Tapos ang lakas ng loob kong magreklamo sa buhay ko.

Wala nga akong Ama at hindi ramdam na may Ina pero andyan sila Tita Gema para iparamdam na may malalapitan ako. Hindi dapat ako magreklamo kumpara sa buhay ni Keifer.

Mayaman naman sya... Ikaw hindi.

"**B-bakit hindi ka man lang nagtext sakin?**" Pag-iiba ko sa usapan. "**...nag-alala ko sayo.**"

Hinawakan nya ang kamay ko. "**I have to do that in order for me to stay longer in London. Kapag kasi nabasa ko text mo o narinig boses mo, uuwi ako agad para makita ka.**"

Hindi ko alam kung dapat ba kong matuwa sa sinabi nya. Akala ko galit pa rin sya sakin kaya nagawa nya kong pagtaguan pero yun pala umalis sya dahil sa family matter.

Praning ka Jay!

"**Kakabalik mo lang ba?**" Tanung ko habang pinagmamasdan sya.

Muka kasi syang pagod. Para bang napakarami nyang ginawa. Muka din syang puyat dahil sa mata nya.

"**Yeah... Dumiretso ako dito kasi gusto na kitang makita.**" Sagot nya at ngumiti.

Wew...

"**Sira... Dapat nagpahinga kana agad. May pasok pa naman bukas.**"

"**Wag muna tayo pumasok.**"

Nalukot ang noo ko sa sinabi nya. Mukang sinasapian na naman yata sya. Kung anu-anu na naman kasi ang sinasabi nya. Para syang wala sa sarili.

"Hindi pwede... Anu ka ba!"

"Why? Mamasyal tayo. Let's have a date."

Date?!

Parang gusto ko nga nun. Wala pa talaga kaming nagiging opisyal na date nitong kumag na to. Kayalang kung hindi kami papasok, baka makarating kay Kuya Angelo yun at malintikan pa ko.

"Weekends nalang siguro." Suggestion ko.

"No. Bukas nalang. Please..." Paki-usap nya. **"...Dadalin kita sa beach."**

Gusto ko yun!

Ang hirap tanggihan ng isang to. Nilapit nya ang kamay kong hawak nya sa bibig nya. Hinalikan nya ang likod ng palad ko pati mga daliri.

"Kasi Keifer... Baka makarating kila Kuya." Dahilan ko at malungkot nya kong tinignan.

"Please Jay... Sobrang nami-miss na kasi talaga kita."

Nakagat ko ang ibabang labi ko. Tinignan ko sandali ang bahay. Gusto ko talagang sumama pero natatakot naman ako kay Kuya. May pasok ang araw na gusto nyang mag-date kami. Ayoko din syang biguin kaya nalilito na ko.

Patuloy sa paghalik si Keifer sa kamay ko. At feeling ko yun ang paraan nya para kumbinsihin ako. Sumilay ang nakakalukong ngiti sakin. Gusto ko syang makasama kaya naman...

"Sige. Date tayo bukas." Bulong ko sa kanya.

Ngumiti sya at akmang hahawakan ako sa pisngi pero bigla syang tumingin sa gate at tumigil. Agad akong tumingin don sa takot na baka si Kuya Angelo ang nakita nya pero hindi naman pala.

"Nakauwi ka na pala." Bored na sabi ni Yuri.

Alam nya?

"**Yeah...**"

"**Hhmm...**" Sabi ni Yuri kasabay ng pag-nod.

Lumipat ang tingin nya sa kamay ni Keifer. Pinilit kong bawiin ang kamay ko pero hinigpitan ng Hari ang pagkakahawak. Napayuko nalang ako kasabay ng pagkagat sa labi ko.

Sira-ulo talaga!

Hindi ko alam kung nanadya ba ang isang to. Baka mag-away pa sila dito sa harap lang bahay. Kapag nangyari yon, malalaman ni Kuya Angelo ang lahat. Malalagot ako!

"**Yuri! Nakita mo si Jay-jay?**" Boses ni Mama.

Ayaw pa ring bitawan ng kumag ang kamay mo. Para akong bata na ng aagaw ng laruan sa kanya. Halos umitsa na ang kamay ko sa paghatak lang nito pero ayaw pa rin talaga nyang bumitaw.

"**Yuri... Asan na si----?**" Natigil si Mama sa pagtatanong.

Bakas sa kanya ang pagkagulat dahil sa kamay namin ni Kiefer. Kahit ako nagulat din na makita nya kami. Walang reaksyon si Yuri at hindi kumikibo.

Bitaw na brad!

"**Jay-jay.**" Tawag ni Mama sa pangalan ko na para bang inuutusan nya kong magpaliwanag.

"**Keifer...**" Bulong ko. "**...bitaw na. Mama ko yang kaharap natin.**"

Tinignan nya ko bago tuluyang bitawan ang kamay ko. Lumakad ako palapit kay Mama na kakaiba ang tingin sakin.

"**Good evening.**" Bati ni Keifer kay Mama at naglakad palapit.
"**...You're Jay-jay's...?**"

"**Mother.**" Duktong at sagot ni Mama.

"**Sigurado po kayo? Mas papasa po kasi kayong kapatid nya.**" Sabi ni Keifer.

Kita ko na bahagyang napangiti si Mama pero pilit nyang binawi. Halatang sinusubukan nyang magmatigas. Hindi nga lang ako sigurado kung kaya nyang makatagal.

Anung laban mo sa landi nitong Hari?

"**I'm Mark Keifer by the way.**" Iniabot nya ang kamay kay Mama.

Tinanggap yun ni Mama at agad namang hinalikan ng HUDAS NA HARI ang likod ng palad nya. Hindi rin nito inaalis ang tingin kay Mama na para bang pinapa-ulanan nya ng papuri.

Agad na namula ang pisngi nitong----*ugh! Kingina sa kalandian!* Kahit ayaw nyang ngumiti kita ko sa itsura nya na kinikilig sya.

May pinagmanahan pala ako ng kalandian?!

"******Ehem**** K-kumain ka na ba?**" Tanung ni Mama.

"**Not yet. I just came home from a trip.**"

"**Dito ka na kumain.**" Aya ni Mama na nagpalaki sa mata ko. Tinignan nya si Yuri. "**...Okay lang siguro yun diba?**"

"**Yes of course. Besides Keifer is also a friend of mine.**" Sagot ni Yuri at ngumiti.

Yung feeling na gusto kong sumigaw ng malakas para kontrahin sila. HINDI KASI PWEDE! Baka malaman ni Kuya Angelo ang totoo. Baka magkainitan din sila at magsimula ng gulo.

Pumasok si Mama sa loob kasabay ni Keifer. Nakasunod naman si Yuri sa kanila at eto ako, naiwang manghang-mangha sa nangyayari.

Tang'na sa kalandian!

Nabiktima na ang Lola ko dati. Ngayon naman si Mama. Ayos! Sino susunod sa mga kamag-anak ko?

Try mo si Tita Jenny mo.

Padabog akong pumasok sa loob. Nakaupo na si Yuri sa pwesto nya pero lumipat naman si Lola ng upuan. Napatingin ako kay Kuya at Tita Gema.

Kita'ng-kita ang pagkagulat sa kanila at pagtatanung kung bakit andito tong Kumag na to. Buti nalang at nasa ospital pa si Aries binabantayan ni Tito Julz. Sya kasi ang number one na magpo-protesta.

"**Dito ka.**" Utos ni Mama at pinaupo sa...pwesto ko?

Teka lang?! Saan ako uupo?!

Tinignan ko yung bangko sa gitna nila Keifer at Yuri. Wala don si Lola at ng hanapin ko sya, nakaupo na sya sa upuan sa tabi ng pwesto ni Mama.

"**Thank you.**" Sabi ni Keifer at kinindatan si Mama.

Humarap sakin si Mama at kita'ng kita ko ang mapupula nyang pisngi. Napangiwi nalang ako sa itsura nya. Kulang nalang kasi maglabas sya ng Mamon at magmumuka na syang pabebe.

Yung totoo?! Teenager?

"**Dito ka, Anak.**" Sabi sakin ni Mama habang naka-turo sa bangko sa pagitan nila Keifer at Yuri.

Naupo ako don at bumalik na si Mama sa pwesto nya. Napatingin ako kay Andy na mukang hindi nagugustuhan ang inaasta ni Mama.

Hindi ka nag-iisa.

Nagsimula na silang kumain. Kahit wala akong gana napilitan akong makisabay. Bawat subo ko ng pagkain ang pagtingin ko sa paligid. Nakikiramdam ako at baka magkaroon ng delubyo.

"**Anu nga palang ginagawa mo dito?**" Diretsong tanung ni Kuya.

Lahat kami sa kanya napatingin. Ang bastos kasi ng pagkakatanong nya. Tinignan sya ni Tita Gema na parang sinisita sya pero hindi nya pinansin yon.

"**To see Jay-jay.**" Casual na sagot bi Keifer.

"**What for?**" Tanung ulit ni Kuya.

Napapayuko nalang ako. Ramdam ko kasing may kakaiba sa mga tanung ni Kuya. Hindi ko alam kung naghihinala na ba sya samin nitong talipandas na Kumag.

"**There's no reason.**" Sagot na naman ni Keifer.

Nagtitigan silang dalawa. Aaminin ko nagsisimula ng magkaroon ng tensyon sa pagitan nila. Idagdag pang parang nang-iinis na naman tong pesteng Hari ng mga Ulupong. Alam kong nahahalata na ng lahat ang palitan nila ng tingin.

"**Hhmm... If you don't mind. I just want to know your name.**" Singit ni Andy.

Epal talaga to!

"**Keifer... Mark Keifer Watson.**" Sagot ng Hari.

Bigla nalang nag-iba ang itsura ni Mama. Nakangiti sya na parang nang-aasar.

"**Isa ka palang Watson. Kaya pala kakaiba ang karisma.**" Sabi ni Mama at tinignan si Tita Gema.

Gumanti ng masamang tingin si Tita sa kanya. Para bang sinasabi nito na '*wag kang magsimula*'. Ang sabi ng Daddy ni Keifer kilala daw nya si Mama at Tita Gema. Kaya siguro ganito ang reaksyon ni Mama pero hindi ko maintindihan ang reaksyon ni Tita.

"**Anu nga pa lang relasyon mo kay Jay-jay?**" Tanung ni Andy.

Muntik na kong masamid dahil sa tanung nyang yun. Kung hindi ba

naman----*ugh!* Bwisit! Ayos ding nagtanong tong isang to. Pwede bang kumain nalang sya at wag ng magsalita?

Ang sarap iuntog ng ulo ko sa lamesa!

"**He will be my bestman.**" Biglang sabi ni Yuri habang nakatingin sakin.

"**No. *You* will be my bestman.**" Balik ni Keifer sa kanya.

Sila naman ngayon ang nagpalitan ng matatalim na tingin. Nakapagitna pa naman ako sa kanila. Baka masugatan ako!

"**Ikakasal ka na pala?**" Sarkastikong tanung ni Yuri. "**...Sabihin mo kung kelan para masiguro namin ni Jay-jay na makakarating kami.**"

Tumigil kayo!

"**Of course. Make sure na makakarating si Jay-jay.**" Nag-smirk si Keifer. "**...Ang pangit naman kung hindi darating ang bride ko.**"

Tuluyan ng nagsalubong ang kilay ni Yuri. Halatang maligaya naman si Keifer sa pang-iinis nya. Hindi ko maiwasan na hindi mapayuko. Nahihiya ako dahil sa pag-aaway nila.

"**Excuse me... What the hell is going on?**" Maotoridad na tanung ni Kuya.

Iritable na sya at hindi natutuwa sa inaasta nitong dalawa. Nakagat ko ang ibabang labi ko. Alam ko, ramdam ko at hindi pwedeng hindi sya maghihinala.

"**...Jay-jay!**" Tawag nya sakin na nagpanginig sa katawan ko. "**...Anung relasyon nyo ni Keifer?**"

Shutanginames!

Tumingin ako kila Keifer at Yuri na hinihintay din ang sagot ko. Yun nga lang hindi ako makasagot. Hindi ko alam ang sasabihin ko. Tumingin ako kay Lola na nag-aalala sakin, kay Tita Gema na ganun din. Si Mama at Andy na nag-aabang sa sagot ko.

"**A-anu----**"

"**Were more than friends, but *NOT* less than lovers.**" Putol ni Keifer.

Nagkaroon ng malakas na pagyanig ang lamesa. Naiuntog ko nalang kasi ang ulo ko at kasabay non ang paghampas naman ni Kuya Angelo.

Tangina! Wala na! Alam na nila! Ang galing Keifer. Ang galing galing.

"**Kelan pa to?!**" Galit na tanung ni Kuya.

Hindi ako sumagot. Nanatiling nakadikit ang noo ko sa lamesa. Gusto kong maiyak dahil alam kong bibitayin na ko.

Laslas na Jay.

"**Angelo... Huminahon ka nga muna.**" Awat sa kanya ni Tita Gema.

"**Huminahon?! Pano ko gagawin yon?!**"

Habang patuloy sa pagtatalak si Kuya may naramdaman akong kamay sa hita ko. Pagtingin ko, kamay ng kingina'ng Hari. Hinampas ko ng malakas yun para alisin.

Bwisit kang kumag ka!

"**S-sir Angelo?**" Biglang singit nung maid.

"**What?!**" Galit na sagot ni Kuya.

"**T-telepono po... Sa o-ospital daw po s-sila.**" Nanginginig na sagot nung maid.

Agad akong nag-angat ng tingin at tinignan sya. Tungkol kaya kay Aries yun? Hindi ko maiwasan na hindi kabahan. Baka kasi kung anu na nangyari sa kanya.

Wala ka nang pinsan na masungit.

Sabay na tumayo si Tita Gema at Mama. Pareho silang nag-aalala.

Natural yon para kay Tita dahil anak nya si Aries. Pero kay Mama, hindi ko maiwasan na hindi magtaka.

Si Kuya Angelo ang lumabas para sagutin ang tawag. Agad na sumunod sa kanya sila Tita at Mama. Sumunod din si Andy'ng epal.

Walang video dyan.

Kaming apat lang ang naiwan sa dining at kakaiba ang tingin sakin ni Lola.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 187

A/N: NO EDIT! Yehey! Naka-1k na po ang aming fb group. Thank you so much sa lahat ng nag-join at participate sa mga activity.

Started with a kiss

David's POV

Smoke, sweat, perfume and alcohol is what I still smell now. Even thought i'm no longer in the bar.

Sobrang naguguluhan na ko.

Hindi ko dapat to ginagawa. Hindi dapat nakahinto ang kotse ko

malapit sa kanila. Hindi ko dapat sya hinihintay na lumabas. Hindi na dapat ako maki-gulo sa kanila.

What the hell is wrong with you David?!

Lasing lang ako. Dala lang ng alak to. Titigil din ako kapag nahimasmasan ako. Huli na to, pagbalik ni Cheon hindi ko na sya aabangan pa. Hindi na ko magnanakaw ng tingin.

"**Kaya please lang Jay, lumabas ka. Kahit sandali lang. Gusto kitang makita.**" Bulong ko at hindi inaalis ang tingin sa gate nila.

Mahigpit ang kapit ko sa manibela. May dalawang magarang kotse ang nakaparada sa labas ng bahay nila. Alam kong kay Yuri yung isa pero hindi ako sigurado kung kanino yung isa.

Pero anung ginagawa nila dyan?

Naghahalo ang alak sa nararamdaman ko. Kakaiba!

Napatingin ako sa cellphone ko ng mag-ring yon. It was a phone call from Percy. Labag sa loob kong sagutin ang tawag nya. Natatakot akong utusan nya ko tungkol kay Jay-jay.

"**Hello.**" Sabi ko pagkasagot ng tawag.

["*Can you tell me your location?*"]

I cleared my throat. "**I'm driving. Can you call me later?**"

["*I will. But since your driving... Do me a favor. Dumiretso ka sa bahay nila Jay-jay. Itext mo ko kapag andun kana. Thanks.*"]

Hindi na nya hinintay ang sasabihin ko. Hindi ko sinabi ang totoo na nasa malapit lang ako ng bahay nila Jay-jay. It's not my intention to lie. It's just that.... *I can't tell him the truth.*

+ +

Jay-jay's POV

"**Anung totoo Jay?**" Mahinahong tanong sakin ni Lola.

May tiwala naman ako kay Lola. Pwedeng pwede kong sabihin sa kanya yung totoo pero malaking bahagi ng sarili ko ang nagsasabing wag akong magsalita.

"**L-lola kasi...**" Bulong ko.

Diet ako ngayon!

"**May relasyon po sila ni Keifer.**" Walang emosyong sabi ni Yuri. "**...kahit po engage na kami.**"

Kahit walang emosyon, kahit wala syang sabihin alam kong masakit. Nasasaktan sya sa sitwasyon namin ngayon.

"**Hinayaan mo naman sya?**" Tanung ni Lola sa kanya.

"**Hindi pa po kami kasal----.**"

"**Kaya wala kang ginawa?**" May halong inis sa boses nya habang nag-uumpisa ng madagdagan ang wrinkles nya.

"**Hindi rin naman po kami mapipigilan ni Yuri.**" Singit ni Keifer kaya tinignan sya ng masama ni Lola. "**...I love your granddaughter.**"

Hala sya!

"**Ang babata nyo pa! Hindi nyo pa naiintindihan yang sinasabi nyo.**" Sabi ni Lola at lumipat ang tingin sakin. "**...Jay! Namamangka ka sa dalawang ilog.**"

"**H-hindi po sa g-ganun.**"

"**Please... Don't blame Jay-jay for this.**" Sabi ni Keifer. "**...Sa sitwasyon namin ngayon, sya po talaga ang lalabas na masama pero...**" Tinignan nya si Yuri. "**...kung tutuusin sapilitan lang ang relasyon nila ni Yuri. Kaya ako lang ang opisyal na ka-relasyon nya.**"

"**Official? Wala nga kayong label. Kaya panong naging official**

ang relasyon nyo?" Tanung ni Yuri na may halong inis.

"**May label kami.**" Mabilis na sagot ni Keifer. "**...husband and wife.**"

Facepalm!

Muli ko na namang naiuntog ang ulo ko sa lamesa. Sumasakit ang ulo ko. Hindi ko alam kung nang-iinis lang ba si Keifer o seryoso sya sa mga sinasabi nya.

"**Tumataas ang presyon ko sa inyong mga bata.**" Sabi ni Lola habang napapailing.

Biglang pumasok si Tita Gema kaya sa kanya natuon ang atensyon ng lahat. "**Ma! Pupunta muna kaming ospital. Pupuntahin namin si Aries.**"

"**Oh sige... Maiwan na kami dito. Mag-ingat kayo.**" Sagot ni Lola at tumayo.

Yumakap naman si Tita Gema sa kanya bago tuluyang umalis. Gusto ko din sanang sumama. Nag-aalala din ako kay Aries, kahit na ayaw nya kong makita. Naiwan kaming nakatanaw lang sa kanila. Lahat silang lumabas kanina ang magkakasamang pupunta sa ospital.

Bakit kailangan pang sumama ni Mama at Andy?

"**Dun tayo sa sala mag-usap.**" Biglang sabi ni Lola.

Sabay-sabay kaming tumayo at magkakasunod na lumabas ng dining. Pag-upo sa sofa, nakapagitna na naman ako sa dalawa. Nasa katapat na sofa naman namin si Lola.

"**Keifer.**" Tawag ni Lola sa kumag. "**...gusto kong makipag-hiwalay kana sa apo ko.**"

H-hala... Bakit?

"**Lola...**" Halos nakiki-usap ang tinig ko.

Tinignan nya ko. "**Hindi sa ayoko sa kanya para sayo. Ikakasal kana kasi... Ayoko din sana na ipakasal ka, kasi nga hindi ka pa nagsasawa sa buhay dalaga mo. Kayalang yun ang kailangan.**"

"**Pero... Hindi po kami pwedeng maghiwalay ni Jay-jay.**" Sagot ni Keifer. "**...pano po yung Baby namin?**"

Anak nang... Eto na naman po sya.

Nanlaki ang mata ko habang unti-unting tumitingin kay Keifer. Ang lakas ng tama nya sa ulo! Anung Baby? Saang galing yang mga sinasabi nya?

"**B-baby?**" Gulat na tanung ni Lola.

"**Buntis po si Jay-jay.**" Dagdag pa ni Keifer. "**...may ilang buwan na po.**"

Napahawak si Lola sa ulo nya at umarteng parang nahihilo. Alam kong hindi totoo yung arte nya pero inalalayan pa rin sya ni Yuri. Ako ang hindi na kailangang umarte dahil pakiramdam ko mahihilo talaga ako.

"**Okay lang po kayo?**" Tanung ni Yuri.

"**Y-yung highblood ko, t-tumataas.**"

Highblood? Tumataas?

Kaya nasabi kong umaarte lang sya. Iba na kasi yung lumalabas sa bibig nya. Ganyan din ang ginagawa nya dati nung magkasama pa kami sa bahay. Sadyang nahuli ko lang ang pinag-kaiba ng arte sa totoo sa ginagawa nya.

"**Kawawa naman po yung Baby kung lalaki sya na walang Ama.**" Pagpapatuloy ni Keifer.

Ay hindi talaga titigil ang Gago.

Malakas na batok ang binigay ko sa kanya. Kulang nalang mawalan sya ng malay sa lakas ng batok na yon. Tinignan nya ko ng masama

at tinumbasan ko naman.

"**Sira ulo ka! Wala pang nangyayari satin! Kaya imposible yang sinasabi mo!**" Inis na sabi ko.

Bigla nalang syang ngumiti ng nakakaloko. "***Wala pa...* Ibig sabihin, magkakaroon?**"

Kinginamers!

Makailang ulit kong nasampal ang sarili ko. Hindi ako makapaniwala. Ang lakas talaga ng sapak nya sa utak. Bakit ko ba nagustuhan ang taong to?

Tinignan ko si Lola na nakasandal sa dibdib ni Yuri. Nakapikit sya at kuwaring malalim na humihinga.

"Umayos nga kayo Lola... Hindi totoo yung sinasabi nitong Ulupong na to."

Dumilat si Lola at dumiretso ng tayo tsaka ako seryosong tinignan. **"Totoo?"**

"Opo."

"Hindi ka buntis?"

"Hindi po."

Huminga sya ng malalim at tinignan si Keifer. **"Luko kang bata ka."**

Ngumiti lang naman si Keifer sa kanya. Baka sa pagkabigla sa mga sinasabi nitong sira-ulo na to, mai-untog ko nalang sya sya pader o kaya sa lamesa.

Sumeryoso ulit si Lola kaya ganun din kami. Alam kong hindi na sya nakikipag-biruan sa oras na to.

"Gusto kong ayusin nyo yang gulo nyong tatlo. Hindi naman ako kontra sa mga nakaka-relasyon ni Jay-jay. Matanda na sya, alam na nya ang tama at mali. May tiwala din ako sa kanya."

Tinignan nya si Yuri. "**...Alam kong ayaw mo ding pilitin si Jay-jay sa kasal na to, pero kung may kaya kang gawin----gawin mo na! Pangit kung pipilitin nyong dalawa ang gusto nyo sa isa't-isa.**" Lumipat ang tingin nya kay Keifer. "**...Ikaw naman! Umayos ka! Seryoso ng usapan bigla kang gaganyan!**"

Napakamot nalang ng batok ang kumag. Walang reaksyon si Yuri habang nakayuko at tinigtignan ang mga kamay.

Sakin naman tumingin si Lola. "**Ikaw Jay... Alam kong ayaw mong ikasal pero wag ka namang gumawa ng bagay pagsisisihan mo sa huli.**"

Kung noon siguro ako sinermunan ng ganito ni Lola. Baka sinagot-sagot ko na sya. Pero ngayon, naiintindihan ko na. Alam ko namang para sakin din to. Para sa ikabubuti ko.

Katahimikan ang yumakap saming lahat. Walang nagsasalita. Kahit si Lola huminto na rin pero patuloy pa rin nya kaming tinitignan. Nakikiramdam din ako dito sa dalawa.

"***Ehem*...**" Basag ni Lola sa katahimikan. "**...mukang gagabihin sila Gema. Magligpit na siguro tayo.**"

Tumayo sya at sumunod kami sa kanya. Kaunti lang ang nakain ko pero dahil sa nangyari tuluyan na kong nawalan ng gana. Ang lakas kasi ng trip nitong PESTENG HARI ng mga Ulupong.

Niligpit namin ang mga pinagkainan. Katulong si Yuri at Kiefer na walang kibo sa mga nangyayari. Pagkatapos magligpit, hinayaan na namin ang mga maid na maghugas ng plato.

"**Magpapahinga na ko.**" Sabi ni Lola sakin. "**...Kausapin mo ang mga yan.**" Bulong nya.

Nag-nod lang ako kasabay ng pagngiti. Hindi ko alam kung panung usap ang gagawin ko sa dalawa na to.

Dumiretso si Lola sa kwarto nya, sa sala naman ang punta ko kung nasan ang dalawa. Nakaupo si Keifer at nakatayo naman malapit sa pinto si Yuri.

"**Sorry... Dun sa nangyari.**" Panimula ni Yuri.

"**S-sorry din. Pati kayo nasermonan ni Lola.**"

"**Okay lang...**" Sagot nya at ngumiti. "**...by the way, you look pretty with your wedding gown.**"

Hala! Banggitin daw ba.

Nakaramdam ako ng pagkailang. Pinakiramdam ko si Keifer pero wala naman syang naging reaksyon. Hindi ko alam kung sinadya ba nyang iparinig yon.

"**S-salamat.**" Naiilang kong sagot.

Yumuko sya at alam kong ramdam nyang ayokong pag-usapan yon sa harap ni Keifer.

"**I think it's time for me to go.**" Sabi nya na pinagtaka ko.

"**Ha?**"

Tumingin sya kay Keifer sandali at binalik sakin ang tingin. "**Aalis na ko. Take care of yourself.**" Sabi nya at walang atubiling hinalikan ako sa pisngi.

Biglang tumayo si Keifer mula sa pagkaka-upo at galit na tumingin samin. Hindi na nagsalita pa si Yuri pero ngumiti sya ng nag-yayabang at umalis.

Nakatayo lang ako sa tapat ng pinto at nakatangang sinusundan sya ng tingin. Ilaw nalang ng sasakyan nya ang huli kong nakita sa pag-alis nya. Pagharap ko kay Keifer, sinalubong agad nya ko ng nakamamatay na tingin.

"**B-bakit?**"

"**Kinilig ka naman?!**" Inis na sabi nya.

Ayan na ang seloso.

"**Ha? Saan?**"

"**Sa paghalik sayo ni Yuri!**"

"**Hindi.**" Inosente kong sagot.

Lumapit sya sakin at niyakap ako sa bewang. Napahawak nalang ako sa dibdib nya sa pagkagulat. Medyo niliyad ko din ang sarili para bahagyang makalayo sa kanya. Para kasing alam ko na kung saan pupunta to.

"**Dapat lang.**" Seryosong sabi nya. "**...Now. Can i have the kiss that i always wanted?**"

Ahihihi... Hindi!

"**Di pede.**"

"**And why is that?**" Iritableng tanung nya.

"**Amoy kang sigarilyo.**"

Agad nyang inamoy ang sarili. "**Naamoy mo pa yon?**"

Edi nanigarilyo nga!

"**Oo... Kaya bumitaw kana at baka biglang bumaba si Lola at makita tayo.**" Sabi ko at pilit inaalis ang kamay nyang nakayakap sa bewang ko.

"**One kiss... Please.**" Paki-usap nya.

"**Hindi nga pwede... Baka may makakita satin.**"

Sumeryoso sya na para bang nainis sa sinabi ko. Bigla tuloy pumasok sa isip ko yung last day ng retreat namin, kung saan hinalikan ako ni Yuri. Ayokong banggitin sa kanya ang bagay na yon at baka magalit na naman sya.

"**Kapag hindi mo ko hinalikan... Pipilitin kita.**" Seryosong sabi nya.

Hinampas ko ng malakas ang dibdib nya dahilan para mabitawan nya ko. Kamanyakan ng impakto na to!

Kahit kelan... Nag-uumapaw.

"**That's fvcking hurt!**" Inis na sabi nya.

"**I know, right?**" Sagot ko na may pang-gagaya sa isang commercial.

Lumapit ako sa sofa at pahilatang naupo. Dun ko naramdaman ang gutom. Kayalang ayoko na ng lutong ulam. Mas gusto ko yung kutkutin. Feeling ko hindi na tatanggapin ng katawan ko ang kanin.

"**Gusto ko ng ice cream.**" Bulong ko at tinignan naman yung Hari na masama ang tingin sakin. "**...bili ka ice cream. Iki-kiss kita.**"

Biglang nag-aliwalas ang muka nya. Mabilis syang tumakbo palabas.

Nice! Haha..

"**Wait for me!**" Sigaw pa nya.

Narinig ko ang pagharurot nya ng sasakyan kaya natawa ako. Kumag talaga sya! Basta para sa kiss susunod sya, panu pa kaya kung para sa----*haizt!*

Wag kang nag-iisip ng ganyan.

Kusang bumalik sakin lahat ng nangyari nung retreat. Yung pag-amin ni Ella at yung galit ni Aries. Kung pinaglaban nya kaya si Yuri, mangyayari kaya ang lahat ng to. Baka hangang ngayon sila pa at masaya. Hindi na siguro magpapakulay ng buhok si Yuri. Baka hindi rin nangyari ang engagement na to.

At baka naging simpleng ligawan lang ang nangyayari sa inyo ni Keifer.

O pwede ring hangang ngayon, para kaming aso't pusa. Nagtatalo pa rin sa maliit na bagay. Kinaiinisan ang presensya ng bawat isa. *Bwisit kasi!* Bakit ba ko nagka-gusto sa bad boy? Kahit naman kasi tumatanggap ako ng manliligaw dati, hindi ako nagka-interes sa mga talipandas na kagaya nya. Kaya nga nagka-crush ako kay Yuri non.

Pero hindi ko pa din napigilan. Nahulog ako sa kanya ng hindi ko namamalayan. Hindi ko tuloy alam ang gagawin ko. Lalu na ngayon na alam na nila Kuya Angelo.

Babalatan ka nya ng buhay!

Nakarinig ako ng tunog ng sasakyan. Alam kong hindi sila Tita yon kaya tumayo ako. Pwede rin namang si Keifer kayalang sobrang bilis naman yata nya. Kaka-alis lang tapos andyan na agad.

Sumilip ako sa pinto pero walang namang taong kumatok o nag-doorbell. Ang weird lang pero parang may nag-uutos sakin na silipin yon sa labas. Kamot batok akong naglakad palabas ng gate namin.

"**David?**" Patanong kong tawag sa kanya ng makita ko syang nakatayo sa tabi ng kotse nya. "**...A-anung ginagawa mo dito?**"

Magulo ang buhok nya. Muka din syang wala sa sarili. Nilabas nya ang phone nya at inabot yun sakin. Hindi ganun kalapit ang posisyon namin sa isa't isa pero naamoy ko ang alak.

"**He wants to talk to you.**" Walang buhay na sabi nya sakin.

Alam ko kung sinong tinutukoy nya. Alam kong si Percy yon. Nag-aalangan ang kamay kong tanggapin ang phone pero gusto ko din syang kausapin. Para bang gusto ko ding marinig ang sasabihin.

Kingina! Asar!

"**H-hello?**" Sabi ko pagdikit ng phone sa tenga ko.

["*Jay-jay.*"]

Napapikit ako ng banggitin nya ang pangalan ko. Ang tagal kong hiniling na marinig ang boses nya ulit. Bumalik sakin ang mga araw na gusto kong makita sya. Yung araw na asa'ng asa akong magpapakita sya at sasagutin lahat ng tanung ko.

Pero nasaktan ka lang!

"**P-percy.**"

["*Uuwi na ko. Masasagot ko na----.*"]

"**Wag kana magpapakita sakin.**" Putol ko sa sasabihin nya.

Hindi ko alam kung saan nang-galing yon. Pero alam kong yun ang tama. Hindi na dapat sya magpakita pa sakin.

["*Jay?*"]

"**Ginugulo mo lang ako! Ginugulo mo lang ang buhay ko!**" Inis na sabi ko.

["*Look... I'm sorry----.*"]

"**Hindi ko kailangan ng sorry mo! Ang gusto ko, malaman kung sino ka talaga?! Bakit kung kailan tahimik ang buhay ko, magpapakita ka at guguluhin ako?!**" Ayokong nagalit ng ganito pero hindi ko mapigilan.

Para akong sasabog. Lahat ng hinanakit ko sa kanya, bumubuhos. Yung mga gabi na umiiyak ako. Yung mga gabi na iniisip ko sya.

Na baka sya na ang sagot ko sa lahat ng tanung.

Pero dagdag isipin lang pala sya sa utak ko. Lalu na ng malaman kong magkasama sila ni Papa. Na paliyido ko sa ama ang gamit nya.

Nakakainggit! Nakakasama ng loob!

["*Jay... Araw nalang ang hinihiling ko sayo. Magkikita na tayo!*"] Paki-usap nya.

"**WALA AKONG PAKI!**" Malakas na sigaw ko kasabay ng pag-agos ng luha ko. "**Nakiki-usap ako! Kung guguluhin mo lang ako----.**"

["*DAMN IT! Listen to me!*"] Galit na sigaw nya.

Ewan ko pero parang narinig ko yung apat sa sigaw nya na yun. *Tama...* Magkakaibigan nga pala sila. Halos pare-pareho kung magalit.

["*...give me three----No! Two days. Give me two days at sasagutin ko lahat ng tanung mo!*"]

Hindi! Wag kang maniwala!

"**Tama na...**" Halos bulong kong sabi. "**...please.**"

Hindi ko na nahintay ang sasabihin nya. Nabitawan ko na ang cellphone ni David at tuloy-tuloy na napaupo para yakapin ang tuhod ko. Nanlalambot ako. Gusto kong matuwa at maniwala sa kanya pero andun yung takot.

Yung takot na baka hindi na naman sya magpakita. Na baka maghintay na naman ako sa wala at hindi na naman nya masagot ang tanung ko.

"**Jay-jay.**" Tawag sakin ni David.

Hindi ko sya tinignan pero nakita ko ang kamay nyang dinampot ang cellphone sa sahig. Nanatili syang nakatayo sa harap ko matapos tignan yon.

"**Pumasok kana sa loob... Mukang uulan.**"

Nasa ganon pa rin akong posisyon. Patuloy sa pag-iyak. Gusto ko syang sigawan pero wala na kong lakas. Naramdaman ko ang kamay nyang humawak sa dalawang balikat ko at unti-unti akong tinayo.

Nakayuko pa rin ako. Hindi tumitingin sa kahit saan. Naririnig ko ang mahinang kulog sa langit pero kahit yon, hindi mapigilan pagluha ko.

"**Pumasok kana.**"

"**A-anu ka ba talaga ni Percy?**" Halos bulong kong tanung.

Hindi sya nagsalita at tanging buntong hininga lang nya ang naririnig ko. Akala ko hindi rin nya sasabihin o sasagutin ang tanung ko kagaya ni Percy pero...

"**May kontrata kami. I work for him as an exchange for helping**

my girlfriend." Diretso nyang sagot.

Napahagulgol nalang ako sa pagiyak. Para akong bata na pinangakuan pero hindi naman tinupad. Sobrang bigat ng nararamdaman ko. Pati yata luha na para kay Mama nailabas ko na.

Unti-unti kong naramdaman ang kamay at braso ni David na yumayakap sakin.

"**Ssshhhh... T-tama na. Nahihirapan ako kapag ganyan ka.**"

Naguluhan man ako sa sinabi nya, pinili kong pigilan ang pag-iyak. Ilang beses akong huminga ng malalim. Tinaas ko ang ulo ko para harapin sya, humiwalay din ako sa yakap nya.

"**Davi----.**"

Hindi ko na natapos ang sasabihin ko ng maramdaman ko ang dalawang kamay nyang humawak sa pisngi ko. Walang alinlangan at tuloy-tuloy na dumikit ang labi nya sakin.

D-david!

Parang sumabog ang puso ko sa sobrang bilis ng tibok nito. Muntik na kong hindi makagalaw sa pagkabigla. Agad ko syang tinulak ng manumbalik ang wisyo ko. Kusa ding tumaas ang kamay ko at dumapo sa pisngi nya ang palad ko.

"**B-b-bak-kit?**" Nauutal kong tanung.

Nanatili syang nakayuko. Hawak din nya ang kanang pisngi na sumalo sa sampal ko.

Nanginginig ang mga kamay ko. Nalilito ako, hindi ko maintindihan kung bakit nya ginawa yun. Ang gulo-gulo na ng nangyayari sakin, bakit dumagdag pa sya?

Pakshit lang!

Nakarinig ako ng pagsara ng pinto ng kotse. Naghurumintado ang puso ko sa takot at kaba. Para akong binuhusan ng malamig na tubig. Dahan-dahan akong tumingin sa gilid ko.

Lalung nanginig ang katawan ko. Kakaiba ang naging tingin nya sakin....*Keifer.* Nagtatanung, puno ng pagtataka at unti-unting nagalit ang itsura nya.

Nakita nya... Nakita nya.

"**K-keifer...**" Tawag ko at humakbang palapit sa kanya.

Pero mabilis ang naging kilos nya. Sa pagkurap ng mata ko, nasa harap na sya ni David at lumipad na ang kamao nya sa muka nito.

Shit!

"**YOU FVCKING BASTARD!**" Galit na galit na sigaw ni Keifer.

Hindi ako makagalaw. Masyado akong nabigla sa ginawa nya. Napasandal si David sa kotse nya dahil sa lakas ng suntok ni Keifer. Kita ko ang pagdura nya ng dugo.

Muling nanunggab ng suntok si Keifer. Hindi na nakatayo si David at may dugo ng lumalabas sa ilong nya. Natatakot ako kay Keifer, hindi ko alam kung bakit.

Pero kung wala akong gagawin baka kung anung mangyari kay David. Ilang beses akong nagbuntong hininga para humugot ng lakas ng loob.

"**K-keifer... T-tama na.**" Sabi ko habang palapit sa kanya.

Galit nya kong tinignan pero muling humarap kay David para muling suntukin. Kahit nanginginig ako, hinawakan ko sya sa braso para patigilin pero tinabig lang nya yon.

"**T-tama na... Please....**" Nag-uumpisa ng mamuo ang luha sa mata ko. "**...Keifer!**"

Nakataas ang kamao nya nung huminto sya. Kita ko kung panu nyang inihampas yun sa gilid ng kotse. Binitawan nya si David at dahan-dahang tumayo.

Napalunok ako sa takot. "**K-keifer...**"

"**Are you hiding something from me?**" Mahinahon pero puno ng paghihinala nyang tanung. "**...Are you in a relationship with David?**"

A-anu?! Bakit ganito sya mag-isip?!

Paulit-ulit akong umiling. "**H-hindi. W-walang ganun.**"

Humakbang syang palapit sakin kaya napa-atras ako. Ganun pa rin ang tingin nya, para bang napakalaki ng kasalanan ko sa kanya.

"**What is he doing here?**" Muling tanung nya.

"**M-m-meron k-kasi----.**"

"**Don't fvcking lie to me!**"

"**S-si Percy! Tumawag sya kay David at pinaka-usap sakin.**" Nagmamadali kong paliwanag.

Huminto sya sa paglapit sakin. Naging mapanuri na ngayon ang tingin nya. Malalim ang bawat paghinga ko. Hindi pa rin nawawala ang takot ko.

"**...M-maniwala ka.**" Halos pabulong na paki-usap ko.

Please... Magtiwala ka sakin.

"**Kasama din ba sa pag-uusap nyo ang halikan ka ni David?**"

Dahan-dahan ang pag-iling ko. Gusto kong humingi ng sorry pero parang inamin ko na din na may kasalanan ako. Ayokong ibigay kay David ang sisi, hindi ko naman alam ang dahilan nya.

"**Keifer.**"

"**I want to pretend...**" Mahinahong sabi nya. "**...I want to pretend that i didn't see anything.**"

Kagaya ng sinabi nya ng makita nya kami ni Yuri. Pero kung ang katumbas non ay hindi pagka-usap sakin ng tatlong araw o higit pa. Kakayanin ko, wag lang syang magalit ng ganito.

"...But i can't. Pakiramdam ko nananadya ka."

Hindi ko gagawin yun!

Agad akong lumapit sa kanya at hinawakan ang kamay nya.
"Hindi! Hindi! Hindi ganun yun!"

Bigla nalang nyang tinanggal ang pagkakahawak ko sa paghatak sa kamay nya pabalik. Parang may kung anung kumurot sa puso ko sa ginawa nya na yun.

"Don't touch me! Baka hindi ako makapag-pigil masaktan kita!" Sigaw nya sakin.

Tuluyan na kong napahagulgol sa iyak. Ayoko ng ganito! Sobrang bigat sa dibdib nasasaktan na ko.

Pakinggan mo naman ako!

Umiling sya sakin at bigla nalang naglakad palapit sa kotse nya. Agad akong sumunod sa kanya ng makita ko syang pasakay.

"Sandali! Keifer!" Tawag ko at pilit kinakatok ang bintana ng kotse nya.

Hindi sya gumagalaw nung una pero bigla nalang nyang hinampas ang manibela ng kotse. Ilang beses nyang ginawa yun habang malalim ang bawat paghinga. Mas nilakasan ko pa ang katok sa bintana ng kotse nya.

"KIEFER! PLEASE!"

Hindi sya pwedeng umalis ng ganito kami. Kailangan naming mag-usap.

"Kiefer----Sandali lang!" Bigla nalang nyang pinaandar ang kotse.

Sinubukan ko syang habulin pero anung laban ng binti ko sa gulong ng kotse. Napayuko ako at napahawak sa tuhod ko pang-soporta.

Tangina naman!

Kailangan ko syang sundan. Kailangan ko syang maka-usap. Hindi ganito, hindi dapat ganito.

Bumalik ako sabay pero hindi pa ko nakakalapit sa gate ng magsimulang umulan. Napatingin ako sa kotse ni David, wala na yon at mukang naka-alis na sya.

"**Miss Jay-jay!**" Tawag sakin ng isa sa mga maid. "**...tumawag po si Sir Angelo, pauwi na raw po sila.**"

Lalu akong naiyak sa sinabi nya, hindi dahil natatakot ako kay Kuya kundi dahil hindi ko maayos ang lahat kung andito sila.

Bakit David?!

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 188

A/N: NO EDIT! Lumalabas po ba sa inyo yung dedication? Sakin parang hindi...

LATEST UPDATE SA SCORING BOARD

Boiling point

Jay-jay's POV

Hindi ko maiwasan na hindi maiyak. Bawat kilos ko parang lalabas ng lalabas ang luha ko. Hindi ko maintindihan ang lahat-lahat.

Lumabas ako ng kwarto at kasabay din non ang paglabas ni Aries sa kwarto nya. Napatingin ako sa kanya ng mapansin kong hindi sya gumagalaw.

Pinilit nyang maka-uwi galing ospital kagabi. Kaya pala nataranta sila Tita dahil ayaw syang payagan ng doctor. Matigas lang talaga ang ulo nya at gusto ng umuwi.

"**Dito talaga magstay ang Nanay mo? Anu akala nya sa bahay namin, Hotel?!**" Inis na tanung nya sakin.

Ayokong makipagtalo. Mas malaki ang pino-problema ko ngayon.

Kailangan kong makita si Keifer.

"**Aalis din sila.**" Walang buhay kong sagot.

Nilagpasan ko na sya at dumiretso sa sala. Si Lola ang una kong nakita na nagbabasa ng dyaryo. Ngitian nya ko pero nawala din yon ng makita'ng naka-uniform na ko.

"**Hindi ka pa kumakain. Aalis kana?**" Tanung nya at agad na lumapit sakin.

"**Sa school nalang po ako kakain. May gagawin pa po kasi ako.**" Paalam ko at niyakap sya.

Pakiramdam ko mas matagal na yakap ang kailangan ko mula kay Lola. Sa mga nangyari kagabi, parang gusto ko nalang umiyak ng umiyak sa tabi nya.

Nasa ganung posisyon kami ng marinig ko ang tawanan ni Mama at Andy. Parang sila lang ang magkasama sa bahay sa ginagawa nila. Hindi ba marunong mahiya tong dalawa na to?

Humiwalay ako kay Lola at inis na tinignan sila Mama na palapit samin.

"**Papasok kana Jay?**" Bungad ni Mama ng makita ako. "**...Kumain ka muna. Nagluto ang Tito Andy mo.**"

"**Hindi na... May kailangan akong gawin.**" Walang gana kong

sagot.

At ayoko rin kayong makita.

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nila. Agad akong lumabas ng bahay at kinuha ang bike ko. Mabilis akong nagpidal para makalayo sa kanila.

Wala naman talaga akong gagawin. Gusto ko lang talagang maka-alis ng bahay agad. Ayoko din silang makasabay kumain. Lalu nagiging mahirap sakin ang lahat kapag nakikita sila.

Ang sama ng ugali ko. Hindi ko kasi kayang maging fair sa kanila. Panu ko gagawin yun kung ako mismo hindi nakaranas ng '*patas*' sa buhay? Ang sarap isisi sa iba ng mga nangyayari sakin pero ang totoo walang dapat sisihin. Ipinanganak yata talaga ako para maging ganito.

Malas sa maraming bagay.

Kagabi, halos madurog ang cellphone ko kakatawag kay Keifer pero pinatay lang nya ang cellphone nya. Tumawag din ako sa bahay nila pero hindi pa daw sya umuuwi.

Kinausap ako ni Kuya Angelo kagabi wala nga lang akong naintindihan sa mga sinabi nya. Yung Hari kasi ang nasa isip ko.

Kung panu na kami.

Huminto ako sa tapat ng Mini Mart. Bago tuluyang pumasok, pinunasan ko muna ang pisngi ko. Nagsimula na naman kasi akong umiyak. Mabilis kong kinuha ang mga bibilhin ko.

Hindi naman kasi ako pwedeng bumili sa cafeteria ng school kaya dito talaga ang bagsak ko. Pre-heated food lang ang binili ko. Namili rin ako ng juice at tubig. Kumain muna ko sandali kahit ayaw tumanggap ng pagkain ng katawan ko.

Kailangan mong kumain Jay!

Tinignan ko ang cellphone ko sa pagbabakasali na nagreply sya sakin. Kagaya ng mga nakaraang araw, wala na naman syang sagot.

Ang saya ko kagabi nung nakita ko sya sa labas ng bahay. Sobrang namiss ko yung yakap na sinalubong nya sakin. Kahit muntik na silang magkagulo kagabi, naging masaya ako na nagpakita sya sakin.

Pero panandalian lang pala.

Galit na galit ako kay David. Akala ko hindi ko kayang magagalit sa kanya dahil hindi ko alam ang dahilan nya pero hindi ko din natiis lalu na ng bumalik lahat ng nangyari kagabi sa isip ko. Kung hindi sya nagpakita at hinalikan ako, hindi mangyayari to. Halos tatlong araw nya kong hindi kinausap nun sa nangyaring insidente samin ni Yuri. Panu pa kaya ngayon?

Baka tuluyan na nya kong hindi kausapin.

Natapos akong kumain at tinapon lahat ng pinagkainan ko sa basurahan. Muli akong sumakay ng bike at nagpidal papuntang school. Habang patuloy sa pagmamaneho, nakaramdam ako ng kakaiba. Para bang merong sumusunod sakin.

Sandali akong huminto at tinignan ang likod ko pero wala namang ibang sasakyan. Ibanalik ko ang tingin sa harap at saktong dumagondong ang maingay na tambutso ng motor.

Big bike! Yung ginagamit sa pagkakarera. Kulay pula at may tatak na Ducati, ang tumabi sakin. Naka-helmet na itim yung driver at kahit hindi ko kita ang muka nya ramdam kong nakatingin sya sakin at nakangisi.

Inirapan ko sya at agad na nag-pidal paalis. Kayalang talaga'ng nanadya yata yung naka-motor. Sinasabayan nya yung bilis ng bike ko. Huminto ako at ganun din ang ginawa nya.

Tinignan ko sya ng masama. Mumurahin ko na sana sya ng may isa pang motor ang tumabi sakin. Kulay puti at asul naman to na kapareho'ng Ducati din.

Shit lang! Problema ng mga to?!

Agad kong pina-andar ang bike. Binilisan ko pa ang pag-padyak. Kayalang, anung laban ng bike sa motor? Ang bilis ng tibok ng puso

ko. Halong kaba at takot ang nararamdaman ko. Hindi ko alam kung anung gusto ng mga to.

Mas lalo akong natakot ng mapansin kong hindi lang sila dalawa. May mga kasama pa sila na naka-sunod samin. Binilisan ko pa ang pag-pidal.

Karera men! Karera!

Sa halip na dumiretso ako sa school, umiba ako ng daan. Balak ko sanang ideretso sa police station para takutin sila. Pero bago pa kami makarating sa crossing bigla nalang silang huminto.

Nakatingin ako sa kanila at ng ibalik ko ang paningin sa harap, halos madurog ang hand break sa pagpindot ko. MAY TRACK SA HARAP KO! Itinagilid ko na rin ang bike pero tuloy-tuloy pa rin ang bike sa pag-slide pasalubong sa track.

Naipikit ko nalang ang mata ko at hinintay ang pagtama ng katawan ko. Pati paghinga ko halos pigilan ko na rin.

Tangana!

Malakas na lagabag ang narinig ko kasabay ng pagtama ng katawan ko. Tuloy-tuloy ang pagbagsak ko sahig kasabay ng pagtumba ng bike ko.

Gusto kong sumigaw sa sakit ng pagtama ko. Nayanig ang buo kong katawan.

"**Iha! Ayos ka lang?!**" Sigaw ng isang lalaki na mukang driver ng track.

Pinilit kong tumayo at tinignan yung mga naka-motor. Nagtatawanan sila at nag-fist bump sa isa't isa.

Kingina nyo!

"**Iha! Anung masakit sayo?! Dadalin ka namin sa ospital!**" Sabi ng isa pang lalaki na nakakita sakin.

Umiling ako. "**O-okay lang po ako. Kaya pa naman.**"

Nilapitan ako ng ilan pang mga tao. Tinignan nila ang kabuuan ko. Yung iba naman nakiki-usisero lang.

"*Bakit mo naman sinalubong yung track?*"

"*Dalin ka na namin sa ospital!*"

"*Nakita ko sinusundan sya ng mga naka-motor!*"

"*Itawag nyo na sa pulis!*"

Pinakiramdam ko ding mabuti ang sarili ko. Baka kasi nasugat ako ng hindi ko namamalayan. Pero mukang sakit lang ng katawan ang natamo ko.

Buti nalang at nakahinto yung Track saktong pagtama ko. Malakas lang talaga ang impact. Lumapit ako sa bike ko na iika-ika ang isang paa.

Wala na yung mga naka-motor!

Tinayo ko yung bike ko at tinignan. Wala naman akong nakikitang sira. Tumabi muna ako sa daan para magpahinga saglit. Nakasunod pa rin sakin ang mga tao. Pinag-uusapan pa rin yung nangyari sakin.

"Ayaw mo talagang magpadala sa ospital?" Sabi ng isang matandang babae sakin.

Ngumiti ako sa kanya. **"Hindi na po. Pahinga lang po to."**

May ilang sandali pa kong nagstay don. Tinignan ko yung oras sa cellphone ko at halos masampal ko na ang sarili ko ng makitang hindi na ko naka-abot sa first subject.

Kasalanan ng mga naka-motor!

Kahit hindi makakilos ng maayos, pinilit kong makasakay sa bike at magpidal. Sumpa ang bawat pagpadyak ko dahil kumikirot ang binti at hita ko.

Tagaktak ang pawis ko ng makarating sa school. Isinusumpa ko

talaga ang mga naka-motor na yon. Wag lang sila papakita sakin, sisipain ko sila sa muka!----kapag nawala na yung kirot sa binti ko.

Shit lang! Ang sakit talaga!

Wala na ring istudyante ang nakatambay sa labas. Sobrang late na kasi at mukang ako nalang ang hindi pa nakakapasok. Bumaba na ko sa bike at piniling itulak nalang yon.

Nakatuntong na ko sa building namin ng meron akong mapansin. Nakaka-ingay sila at parang nagkakagulo. Kinutuban ako na parang nag-aaway-away na naman sila. Binilisan ko ang paglalakad at halos ibato ko na yung bike ko.

Nakarating ako sa harap ng room at binitiwan ang bike. Nag-kakagulo nga sila! Si Mayo ang una kong nakita pagpasok ko. Pinipigilan sya ni Drew at Josh.

"**Tama na!**" Sigaw ni Mayo.

Pinilit kong makarating sa gitna at natakpan ko nalang ang bibig ko. Walang tigil si Keifer sa kakasuntok kay Kit. Puro dugo na ang muka nya at hindi na rin gumagalaw.

Galit na galit si Keifer at walang makapigil sa kanya. Hinanap ko si Eren pero pati sya pinipigilan din nila Rory at Edrix.

"**Tama na! Keifer! Maawa ka kay Kit!**" Sigaw ulit ni Mayo.

Nakakatakot! Ganyan din sya kagabi kay David. Kahit ilang beses ko ng makita, natatakot pa rin ako. Iba pa rin kapag malapitan ko na syang nakita'ng inilalabas ang galit nya.

Baka kung anung mangyari kay Kit.

Kahit nanginginig ako sa takot at sa sakit ng katawan, nilakasan ko ang loob ko at buong lakas na tinulak si Keifer.

"**TAMA NA!**" Malakas kong sigaw kasabay ng pagtulak sa kanya.

Halos hindi sya natinag pero sapat na yon para patigilin sya. Kinuha ko ang pagkakataon at agad na tinignan si Kit.

Pakshit! Buhay paba to?!

Nakakapang-lumo ang itsura nya. Halos wala ng makita sa mamaga ng dalawang mata. Wala rin tigil sa paglabas ng dugo nya sa ilong at bibig. Lumapit na rin si Mayo at Eren samin.

"**K-kit...**" nanginginig na sabi ni Mayo. "**...n-naririnig mo b-ba kami?**"

"**Pre... S-sumagot ka n-naman.**" Sabi ni Eren.

Namuo ang luha ko sa mata habang nakikita sila. Nanginginig ang kamay ni Mayo ng hawakan nya ang leeg ni Kit para tignan ang pulso nito.

Bago ko pa man marinig ang sasabihin nya, may kamay na mahigpit na humawak sa braso ko. Pilit akong tinayo at hinarap sa kanya kaya ganun nalang ang kirot ng hita ko sa ginawa nya.

"**Umalis ka dyan.**" Maotoridad na utos ni Keifer.

Pinilit kong bawiin ang kamay ko pero mahigpit ang hawak nya at nag-sisimula na kong masaktan.

"**N-nasasaktan ako.**"

"**Talagang masasaktan ka!**" Sigaw nya.

"**Keifer!**" Sita sa kanya ni Yuri.

Kahit sya hindi man lang magawang awatin si Keifer. Lahat ba sila natatakot sa kanya? Wala man lang bang kayang patigilin sya? Wala man lang kayang lumaban sa kanya.

"**A-anung bang p-problema mo?**" Tanung ko habang pilit nilalaban ang takot ko sa kanya.

Naiiyak na ko sa sakit ng katawan ko. Ang hirap-hirap kumilos ng ganito. Hindi pa ko nakaka-get over sa ginawa ng mga naka-motor na yon.

"**Pag-sinabi ko, GAWIN MO!**" Sigaw nya sakin.

Bakit na naman ba? Anu na naman bang nangyari? Dahil ba to sa kagabi? Bakit kailangan maging ganyan sya?

"**A-anu ba----?**"

"**Did he kiss you?!**" Putol nya sa sasabihin ko habang nakaturo sa walang malay na si Kit.

Hindi! Hindi naman nya natuloy yun!

Walang lumalabas na boses sa bibig ko. Pakiramdam ko natakot din ang ibang parte ng katawan ko sa kanya.

Pag-iling ang tanging naisagot ko sa kanya para iparating ang nais kong sabihin. Binitiwan nya ko pero bigla nalang nyang sinipa ang isa sa mga table. Malakas na ingay ang nilikha non pero nanatiling tahimik ang lahat.

Nakakapanginig ng laman. Tanging tibok ng puso ko ang naririnig ko. Dahil sa lakas non, parang naka-speaker at mega-phone yun sa loob ko.

Hinay-hinay sa pagtibok brad!

"**Mayo...**" Tawag ni Keifer.

Kita ko ang pagkabigla at takot ni Mayo. Kahit si Eren na-alarma din sa pagtawag na yon.

"**...Repeat everything that you said earlier.**" Utos nya.

Hindi ko maintindihan kung anu yon. Pero kita'ng kita ko kung panu kinagat ni Mayo ang sariling labi at yumuko. Labag sa loob nya pero wala syang magawa.

"**T-tinanung ko s-si Kit... K-kung gusto ba n-nya si Jay-jay**" Huminga sya ng malalim at at bumagsak ang luha. "**...k-kasi tinangka nyang h-halikan.**"

Natigilan ako. Yung pangyayaring yon, pilit naming binaon sa limot at sikreto yon. Panung nangyari? Panu nyang binanggit yon? Panu narinig ni Keifer yun?

Kingina! Kaya pala ganito na kinahinatnat ni Kit.

"**Kung hindi ko pa kayo nahuling nag-aaway, hindi ko pa malalaman.**" Sabi ni Keifer at naglakad-lakad sa harapan.

Nagulat kaming lahat ng bigla nyang ibalibag ang isang bangko malapit sa pwesto nila Mayo. Natakpan ko nalang ang bibig ko.

Tinignan ko ang lahat ng tao sa loob. Kompleto kami pero kahit isa sa kanila, walang magawa. Nakayuko at mga nasa sulok. Nakita ko si David na nangingitim ang nguso at gilid ng labi. Pikit din ang isang mata nya habang may nakadikit na ban-aid.

"**WHO ELSE?!**" Galit na sigaw ni Keifer at muling naglakad-lakad. "**WHO THE FVCKING ELSE?!**"

Nakayuko ang lahat maliban kay Yuri. Puno ng pag-aalala ang tingin nya sakin. Gusto kong lumapit sa kanya at yumakap dahil sa takot na nararamdaman ko pero ayokong magaya sya kay Kit at David.

"**Ikaw!**" Sabi ni Keifer habang nakaturo kay Ci-N. "**...baka may ginawa ka rin kay Jay-jay na hindi ko alam!**"

Wag si Ci-N! Wala syang laban sayo!

Nanginginig si Ci-N at panay ang iling. Kita ko rin na malapit na syang maiyak sa takot.

"**Sure?! Baka naman may ginawa ka o kayo?!**" Lumapit sya kay Ci at kinwelyuhan. "**...baka naman nagsex na kayo?!**"

"**Keifer!**" Sita ko pero hindi nya ko pinansin.

"**W-wala... H-hindi namin m-magagawa yun.**" Nanginginig na sagot ni Ci-N at binitawan sya.

Muling umikot ang paningin si Keifer at huminto yun kay Calix. Napa-atras sya ng bahagyang lumapit sa kanya ang galit na galit na Hari.

"**Si Mica lang ba talaga?! Baka naman may gusto ka din kay**

Jay-jay?!"

"**Si Mica lang.**" Lakas loob na sagot ni Calix.

Naglakad-lakad si Keifer at huminto sya sa tapat ni Yuri. Bigla syang tumawa pero hindi dahil masaya sya, dahil parang may na-realize sya.

Tama na Keifer!

"**Syempre ikaw... Hindi pwedeng wala. Gawain mo yun diba, ang kunin ang sakin?**" Sabi nya at umiwas ng tingin si Yuri. "**...Si Freya tapos si Ella. Ngayon naman si Jay-jay!**"

"**Wala akong kinukuha sayo, lahat sila nasayo nung panahong gusto ko din silang makasama.**" Seryosong sagot ni Yuri.

Nakakamatay ang titigan nilang dalawa. Lahat kami sa kanila nakatingin. Hinihintay ang magiging hakbang ng bawat isa.

Lumipat ang atensyon namin kay Kit ng umungol sya at bahagyang tinaas ang kamay. Meron syang malay, kailangan namin syang dalhin sa ospital. Hahakbang palang sana ko para makalapit pero may katawan na humarang sakin.

"**Don't even try.**"

Nanlulumo akong tumingin sa kanya. "**K-kailangang madala s-si Kit sa ospital.**"

Nilapit nya ang muka nya sakin. Napalunok ako ng magtama ang mata namin. Para syang ibang tao sa itsura nya. Malamig ang tingin pero puno ng galit.

"**Yun lang ba talaga?**" Pabulong nyang tanung. "**...baka naman may iba pa.**"

Umiling ako. "**A-anu bang sinasabi mo?**"

Tinignan nya ko mula ulo hangang paa. Para bang meron syang iniisip. Napaatras ko ng lumapit na naman ang muka nya pero naging malaking pagkakamali yun. Tumama ang hita ko sa lamesa

at napasinghap ako sa sakit.

Ang sakit! Pvta!

Nawalan ako ng balanse at babagsak sa sahig. Hindi na ko nakakuha ng pagkakataon na makahawak sa kahit na anung bagay para hindi bumagsak. Naipikit ko nalang ang mata ko pero may mabilis na sumalo sakin.

"**Ayos ka lang?**" Tanung ni Eman.

Itinayo nya ko pero kasabay non ang paglipad ng kamao ni Keifer sa muka nya.

Anu ba?! Tangina naman!

"**Keifer!**" Sigaw ko sabay hawak sa braso nya.

Galit nya kong tinignan at dinuro. "**You! Is that what you want?!**"

Binitiwan ko sya at sinabayan ang galit nyang tingin. Kailangan na nyang tumigil. Wala na sa lugar ang galit at selos na nararamdaman nya.

"**...Gusto mo talagang nilalandi ka ng mga to no?!**"

Ay Gago!

Nasampal ko sya dahil sa sinabi nya. Kanina pa ko nababastos pero nagpapasensya ako dahil sa galit nya. Kinakain din ako ng takot pero kung hindi sya titigil baka magkapisikalan talaga kami. Kahit magaya ako sa kalagayan ni Kit.

"**Bakit hindi ba?!**" Galit na tanung nya. "**...Kaya nga wala kang ginagawa! Baka naman yun talaga balak mo?! Magpalandi sa buong Section E!**"

Kanina ka pa!

Sinampal ko sya ng kaliwang kamay pero napigilan nya yun kaya naman sinuntok ko sya gamit ang kanang kamay. Bumagsak sya sahig pero agad din syang bumangon at tumawa.

"**Ang lakas mong sumuntok.**" Komento nya habang tinitignan ang palad na pinahid nya sa labi.

"**Wag mo kong pagsasalitaan ng ganyan! Kausapin mo ko ng maayos at wag mo kong daanin sa pambabastos.**" Sabi ko na puno otoridad pero kasabay non ang pagbagsak ng luha ko.

Sira ang moment ko! Bwisit!

"**Nababastos ka? Eh yung ginawa mo sakin... Hindi ba nakakabastos yun?**" Mahinahong sabi nya.

Napapikit ako ng marahan. Ang sakit sakin ng bawat salitang binibitawan nya. Alam kong nasaktan sya sa nangyari kagabi pero hindi ko naman ginusto yun.

"**Or maybe you're up to something?**" Biglang sabi nya na nagpa-iba sa atmosphere ng room. "**...baka naman balak mong landiin ang buong Section E para sirain kami?**"

"**Hindi ko gagawin yan. Kaibigan ko sila, Section E din ako----!**"

"**Oh no, you're not.**" Putol nya sa sasabihin ko. "**...You don't belong to us.**"

Parang may sumaksak sa puso ko pagkasabi nya non. *H-hindi ako kabilang?* Naguguluhan ako.

Bigla nalang nya kong hinawakan sa braso at hinatak palabas ng room. Halos magmaka-awa ako dahil sa sakit ng katawan ko pero tanging pag-iyak lang ang nagawa ko.

Ang sakit! Tama na!

"**Keifer! Saan mo dadalhin si Jay-jay?!**" Dinig kong sigaw ni Yuri.

Pagtingin ko sa likod, nakasunod na yung iba samin at puno ng pag-aalala. Pinilit kong alisin ang kamay ni Kiefer pero mahigpit ang pagkakahawak nya.

"**Keifer! Maawa ka kay Jay-jay!**" Sigaw ni Ci-N.

Napatingin ako sa paligid ng pumasok kami sa Main building. Hindi naging maganda ang kutob ko. Dumiretso kami sa hagdan papuntang second floor pero isang baitang palang napasigaw na ko.

"**Argh!**" Sigaw ko at napaupo. "**...Keifer! Please.**"

Hindi sya sumagot. Bigla nalang nya kong binuhat bridal style. Marahas ang pagkakahawak nya sakin kaya napaiyak naman ako.

Tangina! Tama na!

"**Keifer.**" Pagsusumamo ko.

Walang syang naging reaksyon. Ibinaba nya ko pagdating ng second floor. Kinuha ko ang pagkakataon para makalayo sa kanya pero nahagip nya ang kamay ko at muli na naman akong hinatak.

Palapit kami sa room ng Section A kaya naman lalo akong nagpumiglas. Kahit sobrang sakit na ng katawan ko at kahit naninigas na ang binti ko pinilit ko pero parang naging manhid si Keifer.

Anu bang nangyayari sayo?!

Binuksan nya ang pinto ng room. Tumigil ang teacher sa pagtuturo at agad na tumayo si Aries sa pagka-alarma.

Muli na naman nya kong hinatak at pabatong itinulak kay Aries. Pero ang kagaguhan ng pinsan ko, itinulak din ako kaya dire-diretso ako sahig.

Napaka-bait mong pinsan.

"**You belong to him...**" Sabi ni Keifer at tinignan ko sya. "**...You belong to your stupid, fvcking, asshole----.**"

"**Mr. Watson... Anu bang ginagawa mo dito?!**" --Teacher.

"**----cousin. Na magaling sa pagtatago sa pundya ng Kuya nya.**"

"**What the hell are you doing here Keifer?!**" Galit na tanung ni Aries.

Pinilit kong makatayo pero nanigas ng tuluyan ang hita ko dahil sa sobrang sakit. Nakaramdam ako ng kamay sa braso ko. Tinignan ko yun at nakita ko si Mica na puno ng pag-alala.

Hindi sumagot si Keifer sa tanung ni Aries. Nanatili syang nakatingin sakin.

"**U-umalis na tayo dito. Nakakagulo lang tayo sa klase.**" Sabi ko habang inaalalayan ako ni Mica na makatayo.

"**No. You're not leaving. You'll stay here co'z you don't belong to us. You're not part of our Section.**"

Hindi ko napigilan ang luha kong bumagsak. Pinipilit kong hindi mag-react sa mga sinasabi nya. Napapahiya ako sa harap ng Section A. Nahagip ng paningin ako ang pagdating nila Yuri sa pinto.

"**So does here! Hindi sya pwede dito! Kaya nga sya napunta sa Section nyo kasi wala ring kwenta ang buhay nyan----parang kayo!**" Tuloy-tuloy na sabi ni Aries.

Parang lalong nadagdagan ang bigay sa dibdib ko. *Walang kwenta?!* Parang naging ibang tao ako sa kanya. Kung magsalita sya, parang hindi nya ko kamag-anak.

What do you expect Jay?!

Oo nga pala! Ayaw nga pala nya kong maging kadugo.

"**Hindi sya bagay sa Section nyo pero bagay syang dumikit sayo dahil parehong-pareho kayo!**" Galit na sabi ni Keifer at nagkuyom ang kamao ni Aries. "**...The best thing you should do?! Idikit mo sa pundya mo o pagdugtungin mo pusod nyo!**"

"**Tama na Keifer.**" Walang buhay na sabi ko pero hindi nya ko pinansin.

"**What the hell?! Last time i check you're her knight and shining asshole! Now you're dumping her?**" Sagot ni Aries habang nakangiti at napapailing. "**...Buti pa bumalik na kayo sa Classroom nyo. Sayang lang ang effort mo sa pagkaladkad sa kanya papunta dito.**"

Sa paraan ng pag-uusap nila. Pakiramdam ko napaka-walang kwentang tao ko. Para akong gamit na damit na pinag-papasahan nila. Napatingin ako kay Mica ng mapansin kong sumisenyas sya.

Tinignan ko yung direksyon na tinitignan nya. Nakita ko sila Calix at yung iba pa, nasa pinto na sila at pinapanood din yung dalawa.

"**Talking like you don't care about her.**" Sabi ni Keifer.

Ngumiti si Aries na puno ng pagyayabang. "**Because i really don't... Kahit kaladkarin mo pa yan, idamay sa lahat ng gulo o ibasura nyo. I don't fvcking care!**"

"**Aries!**" Sita ni Ella.

Ramdam kong anu mang oras sasabog na ko. Hindi ko na kayang pakinggan pa yung mga sinasabi nya.

Hinawakan ko yung kamay ni Mica para alisin yun. Taka nya kong tinignan pero hinayaan nya ko. Kahit sobrang sakit pinilit kong maglakad ng normal.

Bawat hakbang ko kasabay ay ang pagpatak ng luha ko. Nakita ko si Yuri na lalapitan ako pero sinenyasan ko sya ng *wag na*. Pinagtitinginan ako ng Section A at Section E habang naglalakad.

Hindi nga kasi ako kabilang sa kanila.

Nilagpasan ko sila Ci-N na nakatingin sakin. Si David na halatang gustong lumapit sakin. Wala si Mayo, Josh at Eren dahil siguro naiwan sila para alalayan si Kit.

Mabuti nalang at may klase pa, baka kasi kainin na ko ng kahihiyan kung makikita nila ko ng ganito. Sobrang sakit ng hita at binti ko, lalu na ng pababa ako ng hagdan.

Ang sarap sumigaw sa sakit!

Hindi ko alam kung ganu na ko katagal naglalakad pero wala man lang kahit isa sa kanila ang sumunod sakin. Hindi sa umaasa ako---- pero umaasa talaga ako! Umaasa ako na kahit isa lang sa kanila sumunod sakin at mag-ipaliwanag ang nangyayari. Umaasa ako na

isa sakanila magso-sorry sakin.

Umaasa ako na si Keifer.

Paglabas ko ng main building nakita ko si Josh. Dala nya ang bag nya at hawak hawak ang bike ko. Taka ko syang tinignan pero seryoso ang muka nya.

"**Dinala na nila sa ospital si Kit. Sumunod na tayo.**" Sabi nya habang hinihintay akong makalapit sa kanya.

"**H-hindi yata maganda kung sasama pa ko.**"

"**Hindi naman para kay Kit para sayo.**"

Hindi ko na-gets ang ibig nyang sabihin pero ng mapayuko ako, napansin ko yung binti ko na may mga gasgas. Nag-uumpisa na ring mamuo ang mga pasa. Pati braso ko kumikirot na rin.

Nagpilit ako ng ngiti. "**S-sige.**"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ + +

Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 189

A/N: NO EDIT!

The Prince

Aries's POV

"**...Umalis kayo! Alis!**" Pagtataboy ng teacher kila Keifer at sa mga kaklase. "**...Mga batang to! Nag-hahanap lagi ng away!**"

Umalis ang mga Section E pero iniwanan ako ni Keifer ng masamang tingin. They interupt our class just to humiliate Jay-jay. How stupid!

Lumabas ang teacher namin. Sure akong didiretso sya sa guidance para ireport ang nangyari. Naiwan kaming lahat na naka-tingin lang sa pinto.

"**You don't need to say those words, Aries!**" Galit na sabi ni Ella.

Hindi ko sya pinansin. Hindi pa kami ayos pero kung pagsalitaan nya ko parang sya na ang masusunod.

"*Kawawa naman si Jay-jay.*"

"*Halatang may masakit sa kanya.*"

Dinig kong bulungan ng mga classmate ko. Napansin ko din yun, the way Keifer hold her... Parang ang sakit-sakit na sa kanya. I ignore it because i don't want to show any sympathy.

"**Uy... Aries. Bakit mo naman ginanon yung pinsan mo?**" Parang bata na sabi ni France---one of my classmate. "**...Nakita ko kaya yun kanina. Binundol nya yung track.**"

Binundol nya ang Track? Sya pa talaga ang bumundol sa Track.

"**Magbabalita ka lang baliktad pa.**" Sabi ni Mykel habang pinagtatawanan sya.

"Hindi! Kasi nakahinto na yung Track, tapos sya tuloy-tuloy pa rin sa bike tapos yun. Booogggghhh!"

Kaya ba ganun ang itsura nya? Kaya ba parang hirap na hirap sya? What the hell Jay?!

"You should check your cousin." Utos ni Ella habang katabi si Mica na nakatingin din sakin.

"Wag mo kong utusan." Maotoridad na sagot ko.

Ramdam ko ang pagtingin ng buong klase sakin. Ngayon lang nila kong narinig na nagsalita ng ganito kay Ella. Wala naman kasing nakaka-alam na nag-away kami o mas tamang sabihin na naghiwalay na kami.

After all this time. Still him...

"Ella is right." Biglang sabi ni Freya habang patuloy sa pag-nail filing. **"...I heard nagkakagulo ang Section nila. Isunugod daw sa ospital si Harington."**

Seriously? What is wrong with their Section? Malakas na naman ba ang topak ni Keifer? Bakit wala man lang ginagawa si....si Yuri?

Malakas ang naging buntong hininga ko. Lumabas ako ng room at dumiretso sa hagdan. I don't have any plan on checking Jay-jay. Why should I?

Yeah... Why should I?

Dumiretso ako sa rooftop kung saan madaling makita ang building at room nila. Nasa labas yung iba, samantalang parang may nag-aaway naman sa loob ng room.

Tinignan ko yung paligid malapit sa mismong room nila. Hindi ko makita yung bike ni Jay-jay----infact i don't see her at all.

Kinuha ko yung phone ko sa bulsa. I dial Kuya's number.

["*Is anything wrong?*"] Bungad nya sakin.

"None."

["*I thought something bad happen to you.*"] Ramdam ko ang pag-aalala sa tono nya.

Hindi ko sya masisisi, ipinagpilitan ko kasi ang pag-labas sa ospital. Ayoko don! Marami akong naaalala kapag nasa ospital ako. Kapag nakahiga ako sa hospitla bed at may nakaka-kabit na swero.

"Nothing *bad* happen." I said emphasizing the word 'bad'. **"...I just want to know if Jay-jay is there."**

["*If the* 'there' *that you're talking about is our house... I don't know. I'm not at home.*"]

Tsk!

"Okay... Thanks." Sabi ko at akmang papatayin ang tawag pero narinig ko syang nagsalita.

["*Wait... Wala ba si Jay-jay dyan sa school?*"]

"Andito... Hindi ko kasi alam kung umuwi sya. Masama kasi ang pakiramdam." Palusot ko.

Hindi ko pinagtatakpan si Jay-jay. Ayoko lang na tanungin pa ko ni Kuya. Hahaba lang ang usapan at aabot na naman kami sa nakaraan.

["*I see... Itetext ko din si Mama para ma-confirm. Thanks.*"]

Hindi na ko sumagot. Pinatay ko na ang tawag habang nakatingin pa rin sa room ng mga Section E. Sakit sila sa ulo, kahit maraming mayaman sa kanila ayaw silang asikasuhin ng mga head teacher at board member.

Hindi lang daw kasi pera ang basehan nila sa school. I guess they're telling the truth. Hindi namin kasing yaman si Keifer or Yuri, yet they choose to obey me.

Because of Michael Angelo Fernandez.

The King that was once on throne. Everything becomes easy for me because of his name. Binigyan din nila ko ng title....*The Prince*----but i never let them call me that.

Sa unang tingin, ako ang Prince dahil kapatid ko ang King. Pero hindi yun ang nakikita ko! They call me Prince because i will never be the King on throne. I will never be the man like my brother. At hinding-hindi nila ibibigay sakin yun.

Dahil matagal ng nakuha ng iba.

I hate myself for being like this. Kahit kelan lagi akong pangalawa. Pangalawa kay Percy dahil mas magaling syang magpasaya ng iba. Pangalawa kay Yuri dahil mas matalino sya. Pangalawa kay Keifer dahil mas magaling sya.

At higit sa lahat pangalawa kay Jay-jay sa pamilya dahil priority sya. Napangiti ako ng mapait ng maalala ko sya. Kung panu ko sya sunduin sa kanila para makipaglaro. Kung panu ko sya patahanin kapag umiyak sya. Kung panu ko iparamdam sa kanya na mahal na mahal sya ng Kuya nya.

But it will never happen again. I will never done it again. Kasalanan nya lahat ng nangyayari sakin. Kasalanan nya kung bakit ako nagkasakit. Kasalanan nya kung bakit naaksidente kami ng gabing yon at nawala sakin ang mga kaibigan ko.

This is all your fault! I have no reason to show you sympathy.

+ +

Jay-jay's POV

"**Wag nyo nalang po sabihin sa kanila.**" Paki-usap ko kay Lola habang idinidikit ang ice bag sa balikat ko.

Tinignan ako ni Lola ng may pag-alala. Sya lang ang naabutan ko sa bahay pag-uwi. Umalis na daw kasi si Mama at Andy, ganun din sila Tita Gema at Tito Julz. Si Kuya naman nasa company *keneme* nila.

"**Hindi pwedeng hindi... Tignan mo nga yang itsura mo.**" Sagot

nya sakin habang tinuturo ang ilang galos na nakuha ko.

"Mabilis naman po yang mawawala."

Malalim na buntong hininga ang binitiwan nya. Lagi syang ganyan tuwing uuwi ako sa bahay na merong pasa at sugat. Dahil pagod sa pakikipag-away, pinipili ko nalang na talikuran sya.

"Ang tigas parin kasi ng ulo mo! Nagpunta ka na ba ng ospital?"

Nag-nod ako bago kunin yung xray at result ng check up ko. Binuksan ko yun at hinarap sa kanya ang result. Tinignan muna nya ko bago kuhanin yon at basahin.

Wala namang fracture sa buto. Muscle lang talaga yung napuruhan sakin kaya tambak na pain reliever ang nireseta sakin ng doctor. Pinayuhan din nya ko ng cold compress para sa mga area na may pasa at makirot.

"Hay naku Jay! Kaya nga kita hinayaan dito dahil alam kong magtitino ka sa puder ng Kuya Angelo mo... Pero eto ka at umuwing masakit na naman ang katawan." Sermon nya sakin at binaba ang result sa tabi ko.

Tanging pag-yuko nalang ang naisagot ko. Wala ako sa lugar para sumagot. Oo, minsan nakakasawa yung ginagawa nya pero kung hindi naman mali yung ginawa ko hindi naman sya magagalit at magsesermon.

"Sorry po." Halos pabulong kong sabi.

Dahang-dahang kinuha ni Lola yung cold compress at inalalayan akong makahiga.

"Matulog ka muna... Mas kailangan mo yon kesa sa sermon ko." Sabi nya at nagpilit ng ngiti.

Ngumiti din ako sa kanya. Inayos nya ang kumot ko at hinalikan ako sa noo. Lumakad na sya paalis at sinara ako pinto. Tinignan ko ang oras sa wall clock. After lunch pa lang pero hinahatak na ko ng antok. Siguro dahil na rin sa pagod.

Sunod-sunod ang naging paghikab ko. Nakatingin ako sa kisame at paulit-ulit na nagplay sa utak ko ang mga nangyari. Sa mga taong naka-motor at sa mga pinag-sasasabi ni Keifer.

Masakit ang katawan ko pero mas masakit ang mga sinabi nya. Pakiramdam ko sinuntok ang puso ko ng walang kalaban-laban at hindi pwedeng gumanti. Hindi ko alam na ganito ang kayang gawin ni Keifer ng dahil sa selos.

Humilig ako at niyakap ng mahigpit si Snorlax. Akala ko dati kapag sinabing love pa-easy-easy lang. Hindi naman kasi ako nasaktan ng husto sa first boyfriend ko. Nagalit lang ako dahil bakla pala sya at ginamit lang ako para hindi malaman ng buong school.

Kingina nya! Bandang huli mas maganda pa sya sakin.

Hindi rin ako nakaramdam ng sakit kay Cyrus. Hindi ko naman kasi sya sineryoso dahil alam kong ganun din sya sakin. Natakot lang ako dahil nasaktan ko sya ng ganun-ganun lang.

Ngayon lang! Ngayon lang sa Kinginang buhay ko ako nakakaramdam ng ganito ng dahil lang sa mga salitang binitiwan nya. I never thought that words can actually hurt people like a knife. Oo, nasaktan ako sa mga salitang narinig ko dati tungkol sakin at kay Mama pero iba yung kanya.

Siguro kasi mahalaga sayo yung nagsabi.

Napahigpit ang yakap ko kay Snorlax. Kung may nagsasalita lang to, malamang namura na ko nito. Lagi nalang kasi sya ang nasasaktan kapag kakaiba yung pakiramdam ko.

Ipinikit ko ang mata ko para tuluyan ng makatulog. Gusto ko munang ipahinga ang isip at katawan ko. Hindi naman ako nabigo dahil nakatulog din ako agad.

Nagising ako sa medyo madilim na sa labas. Bahagya akong umiba ng pwesto. Sumasakit ang ulo ko, hindi ko alam kung dahil sa sobrang tulog o kulang pa.

Narinig ko ang malakas na tawanan nila Mama at ng iba pa sa Sala. Bumangon ako at tinignan ang oras sa wall clock, 6:42pm na.

Kinuha ko din ang cellphone ko para tignan kung may message ako galing sa kanya.

Nga-nga!

Walang galing sa kanya. Merong galing kay Yuri at sa nga Ulupong at kinakamusta nila ko. Wala akong gana sumagot sa mga text nila. Bumangon ako sa dumiretso sa banyo para mag-ayos.

Nakaramdam na rin ako ng gutom kaya nagmadali na rin akong bumaba. Nakita ko sila Mama at Tita na Gema sa Sala. Kasama si Tito Julz at Andy. Andun din si Lola na kausap si Kuya Angelo.

Tinignan nila ako pare-pareho. Ang nakangiting si Mama ang una kong napansin. Kakaiba kasi ang ngiti nya at parang tuwa'ng tuwa sya.

"**Okay kana ba Jay?**" Tanung nya sakin habang tinitignan ako mula ilo hangang paa. "**...Tara dito. Sumalo ka samin.**"

Huh?!

Napataas ang isang kilay ko. Anung meron sa kanya? Hindi ko sya pinansin at dumiretso sa kusina. Gusto ko na kasi talagang kumain.

"**Hayaan nyo na... Baka masama pa rin ang pakiramdam.**" Dinig kong sabi ni Tita.

Kumuha ako ng pagkain sa ref. Lahat ng pwede kong lapangin ng mabilisan dinampot ko. Bahala ng makagalitan mamaya.

Kasalukuyan akong kumakain ng marinig ko ang busina ng sasakyan ni Aries. Hindi na ko nag-abalang tumayo pa para silipin sya.

Para saan pa kung makita ko sya?

Walang magbabago. Galit sya sakin at ayaw nya kong makita. Hindi nya ko tanggap. Naiintindihan ko naman sya, sino bang gusto maging kadugo ang kagaya ko.

Pinagpatuloy ko ang pagkain. Nakarinig ako ng parang nag-aaway

sa sala. Hindi ako sigurado pero nangingibaw ang boses ni Mama. Kahit hindi pa ko tapos kumain, pinili kong silipin sila.

Hindi pa ko tuluyang nakakalapit dinig na dinig ko ang mga pinag-sasabi nila.

"**...Wag mo kong sagutin ng ganyan!**" Sigaw ni Mama.

"**Get out of our house! Hindi kita gustong makasama dito!**" Sagot naman ni....Aries?

Anyare?

Nakarating ako sa Sala pero nakila Mama at Aries ang atensyon ng lahat. Inaawat ni Andy si Mama samantalang si Tita Gema naman ang pumapagitna sa kanila.

"**Aries! Stop it!**" Sigaw ni Kuya pero mulang wala talagang balak magpa-awat si Aries.

"**Hoy! Wala kang utang na loob!**" Sigaw na naman ni Mama.

"**Utang na loob?! Bakit?! Anung bang nagawa mo sakin?! Binuhay mo lang ako tapos itinapon na parang basura!**" Galit na sabi ni Aries.

Teka! Binuhay tapos tinapon?!

Naguguluhan ako sa pinag-aawayan at pinag-sasabi nila. Hindi ko din maintindihan kung bakit galit na galit si Aries kay Mama. Wala akong maalala na nagkaroon sila ng away dati.

"**Gema!**" Sigaw ni Mama kay Tita. "**...Yan ba tinuturo mo sa mga anak ko dito?!**"

Mga anak?!

"**At least sila may tinuturo! Ikaw wala!**" Sagot ni Aries bago pa makapag-salita si Tita Gema.

"**Kung alam ko lang magkaka-ganyan ka, sana hindi na kita pina-ampon!**"

PUT.A.TANG.IN.A.GLASS!

Pakiramdam ko huminto ang pagtibok ng puso ko. Nagtayuan ang balahibo ko sa batok at kasunod non ang panlalambig ng kamay ko.

"**Jay-jay?**" Tawag ni Lola sakin ng makita nya ko.

Agad na nalipat ang atensyon nila sakin. Ang kaninang galit ni Mama ay napalitan ng pagkapahiya. Agad na lumapit sakin si Tita Gema at Lola.

"**Jay... A-anu...**" Panimula ni Tita at alam kong hindi nya alam ang tamang word na sasabihin sakin.

"**Anu yan? Hindi pa rin nya alam?**" Naiinis na tanung ni Mama at tumingin ng masama kay Aries. "**...At talagang wala kang balak na sabihin sa kanya?**"

"**Tsk! Panu ko pa sasabihin? Sinabi mo na!**" Pabalang na sagot ni Aries.

"**ARIES!**" Galit na galit na sigaw ni kuya. "**...Go to your room. Now!**"

Irap ang huling binigay sakin ni Aries bago tuluyang umalis. Nanatili akong hindi gumagalaw at nakatingin lang sa kawalan. Merong sinasabi sila Tita at Lola sakin pero wala akong naririnig.

*Gusto kong magkaroon ng Kuya....*yun ang lagi kong sinasabi dati nung maliit pa ko. Naiingit kasi ako kay Aries dahil meron syang Kuya Angelo. Nung sinabi sakin ng mga kamag-anak ko na meron daw akong kapatid na lalaki, pinangarap ko na maka-harap sya.

Pero ni-minsan hindi pumasok sa isip ko na yung batang laging nag-aaya sakin maglaro, yung batang tinuruan akong mag-bike at yung batang kinilala kong pinsan ay ang kapatid na hinihiling ko.

Pakshit lang! Pinaglalaruan ba ko?!

"**D-dun na po ako sa kwarto ko.**" Ang tanging nasabi ko.

Walang pumigil sakin. Hinayaan nila kong maglakad na parang

wala sa sarili. Ang lakas kasing maka-gago.

Jay... Matagal mo ng nakaharap ang Kuya mo.---Percy (Chapter 97)

Kaya pala ganun ang sinabi nya. Alam din nya ang totoo. Alam din nya na si Aries ang kapatid ko.

Ang galing! Ang galing talaga!

Muka akong tanga kakaisip sa kalagayan nya. Kakaisip kung masaya sya sa kinikilala nyang pamilya. Kung may kapatid din ba sya don.

A fvcking nice question pero kaharap ko lang pala ang sagot. Shit! Hindi ko ma-imagine kung gano ako katanga.

"**You now know the truth, but that doesn't change anything between us.**" Biglang sabi ni Aries na nasa harap ko na pala.

Nagsalubong ang kilay ko sa sinabi nya. "**Oh?**"

"**Don't expect me----.**"

"**I don't expect you to do anything. Alam ko naman... Ayaw mo nga akong maging pinsan, kapatid pa kaya.**" Putol ko sa sasabihin nya.

"**Buti alam mo.**" Sabi nya at umalis na sa harap ko.

Napairap nalang ako sa sobrang inis. Tumuloy na ko sa kwarto ko at sinara ang pinto. Kusa nalang akong napaluhod habang nakahawak pa rin sa pinto ng kwarto ko.

Hindi ko alam, sobrang nanlambot ako at bigla nalang din akong umiyak. Pinipigilan ko ang mapasigaw dahil baka marinig nila ko pero pakiramdam ko anu mang oras sasabog na ko.

Yung mga bagay na naiisip kong gawin kapag nakaharap ko na yung kapatid ko, hindi ko pala pwedeng gawin. Yung expectation ko na magiging usapan namin hindi rin naman magkatotoo.

Tang'na lang! Bibigyan nalang ako ng kapatid yung kagaya ko pang

may saltik!

Ang daya kasi, sobrang daya. Napahawak ako sa dibdib ko habang patuloy pa rin sa pag-iyak. Bakit sya pa? Bakit kailangang sya pa?

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 190

A/N: NO EDIT! Sorry kung matagal. Alam nyo na.... Ang ganda kasi ni Author----charot!

Open ears

Jay-jay's POV

Gusto kong lumabas ng kwarto. Gusto kong buksan ang pinto at ihakbang ang paa ko palabas. Gusto ko dahil nagugutom ako.

Hindi na ko nakapag-hapunan ng dahil sa nalaman ko. Akala ko uurong ang gutom ko dahil sa mga nangyari pero mukang ayaw makidamay ng sikmura ko sa drama ng buhay ko.

Pero natatakot ako, natatakot ako na sa pagbukas ko ng pinto may panibagong lihim na naman akong malalaman.

Baka may kakambal ako na hindi ko alam?!

Tinignan ko ang oras sa wall clock, 11:39pm. Sure akong tulog na ang mga tao sa bahay pero kahit ganun natatakot pa rin ako.

Malakas ang naging pagtunog ng tyan ko. Para bang nagsusumigaw ng '*Kingina! Pakainin mo ko!*'. Hindi ko pwedeng idaan sa tulog ang ganitong gutom, hindi na nga ako nakakain ng maayos kaninang tanghali.

Labag man sa loob ko, pinihit ko ang doorknob at unti-unti hinataka palapit sakin. Sinilip ko sandali ang labas, patay na ang mga ilaw. Kinuha ko ang phone ko at ginamit ang liwanag nito para nagsilbing tanglaw sa daan ko.

Lalim sa tanglaw!

Dahan lang ang bawat paghakbang ko----*teka nga!* Muka akong magnanakaw sa ginagawa ko! Binilisan ko ang lakad at dumiretso sa kusina. Nakita ko pa ang ilan sa mga maid na papasok sa mga kwarto nila.

Binuksan ko ang ilaw pagdating ko sa kusina. Malayo pa pero kita'ng kita ko na ang magbibigay buhay sakin. Ang gagamot sa sakit na nararamdam ko. Ang magpapasaya sa malungkot kong puso.

Ang refrigerator!

Itoy isang portal na magdadala sakin sa kakaibang paraiso. Binuksan ko ang pinto ng ref at napapalakpak ako sa nakita ko. Ang daming natirang ulam at merong pang cake!

Kumuha muna ako ng ulam at ininit yun sa microwave. Habang naghihintay tumingin pa ko ng pwedeng kainin. Meron pa kong nakitang Chuckie na bahagyang nagpatawa sakin.

Pffttt... Bata!

Alam ko kung kanino ang Chuckie na yun. Kay Kuya Angelo yun, madalas nyang inumin kapag nai-istress sya. Iniisip ko tuloy kung pwede ba kong kumuha kayalang baka magalit naman si Kuya. Pero hindi naman nya malalaman kung sino.

Malapad ang naging ngiti ko. Kinuha ko yung isa at inalog yun. Tatanggalin ko na sana ang straw na naka-dikit sa likod ng mapatingin ako sa pinto ng kusina. Cross arm na nakatingin sakin si Aries habang walang reaksyon.

Mabilis kong binalik ang Chuckie sa ref at sinara yun. Patay malisya akong bumalik sa microwave para tignan yung iniinit ko. Narinig ko ang yabag nyang palapit sa pwesto ko.

Kinabahan ako sa hindi ko maintindihan na dahilan. Hindi ako nakagalaw at para akong hihimatayin. Naramdaman ko nalang ang presensya nya sa likod ko kaya napapikit ako.

Hinintay ko kung may sasabihin sya o gagawin. Nang marealize kong wala, dumilat ulit ako at nakita ko ang daliri nyang palapit sa microwave. May pinindot sya at umilaw ang loob non kasabay ng pag-ugong.

Ang tanga! Nakalimutan kong pindutin yung choices.

Napakamot ako sa ulo at nilingon sya. Wala na sya sa likod ko. Kumuha sya ng tasa at nagtimpla ng kape. Binalik ko ang tingin sa microwave ng mag-bell yun. Kumuha muna ko ng plato na pagsasalinan.

Akala ko aalis na sya matapos magtimpla ng kape pero nag-stay pa rin sya don, malapit sa sink. Matapos makuha ang mga kailangan ko nagsimula na kong kumain. Muka akong ewan dahil sa pagsulyap ko sa kanya sa bawat subo.

Hindi naman sya tumitingin sakin kaya hindi ko alam kung napapansin nya ko. Habang patuloy sa pagkain, paulit-ulit na naglaro sa isip ko ang nangyari kanina. Kakaiba sa pakiramdam.

Pero may pinag-tatakhan lang ako. Yung edad nya at edad ko, pareho. Sure akong hindi kami kambal dahil mas matanda daw sakin ng isang taon ang Kuya ko. Naguguluhan tuloy ako.

"**Tigilan mo ang pagtingin-tingin sakin.**" Sabi nya na nagpatigil sakin sa pag-iisip.

"**S-sorry…**" Halos pabulong kong sabi. "**…Ari----anu pa lang itatawag ko sayo?**"

Gusto kong sampalin ang sarili ko sa tinanung ko. *Seriously?!* Tumaas ang isang kilay nya dahilan para mapayuko ako.

"**Nothing will change.**" Madiin nyang sabi.

Okay…. Aries pa rin. Aries the horoscope! Kamusta si Taurus?

Hindi talaga mawala sa isip ko yung edad namin. Ayoko pa sanang pag-usapan yung mga ganung bagay sa kanya dahil sariwa pa ang lahat, pero hindi ko mapigilan na hindi magtanung.

"**Aries… B-bakit pareho t-tayo ng edad?**"

Muling tumaas ang isang kilay nya. Kasabay ng matalim na tingin sakin habang umiinom sa tasa. Hindi kaya bakla to? Dinaig pa ko sa pagtaas ng kilay. Kulang nalang ahitin nya yung sa kanya para mataray na mataray.

Binaba nya ang tasang hawak at nagbuntong hininga. Walang buhay ang kanyang mga mata na tumingin sakin.

"**Mas matanda ako sayo ng isang taon. Sinabi ko lang magkasing-edad tayo para hindi mo isipin na baka ako ang Kuya mo.**" Paliwanag nya.

Nag-nod lang ako biglang pagtanggap sa sinabi nya. Kaya pala tinatawanan nya ko dati kapag binabati ko sya sa birthday nya, mali pala kasi yung edad na sinasabi ko.

Nakaramdam ako ng lungkot. Kahit noon pa, ayaw na talaga nyang ipaalam sakin. Hindi ko alam ang kwento kung bakit sya pinaampon. Sinasabi ng mga kamag-anak namin na para daw sa ikakabuti namin pareho.

Pero hindi naman naging mabuti.

Hindi na ko nagsalita. Natapos ang pag-inom nya ng kape at umalis na. Naiwan akong mag-isa habang nakatitig sa pagkain sa harap ko.

Nakakainis yung ganito! Alam kong galit sya sakin. Malaking bahagi ko ang nalulungkot dahil hindi kami magkasundo sa kabila ng mga pinag-daanan namin pero may galit din ako sa kanya. Pinsan ang tingin ko sa kanya kaya naman hinahayaan ko lang sya at sinasagot kapag may pagkakataon.

Pero ngayon na alam ko na ang totoo, gusto kong magka-ayos na kaming dalawa. Kahit hindi kagaya ng dati pero at least alam namin na okay kami. Hindi man nya ko kilalaning kapatid, ayos lang sakin.

Pinigilan ko ang luhang nagbabadya sa mata ko. Tinapos ko agad ang pagkain at hinugasan ang pinagkainan. Pati yung pinag-inuman ni Aries hinugasan ko na rin.

Pinatay ko ang ilaw at mabilis na bumalik sa kwarto ko. Naglinis muna ko ng katawan bago tuluyang nahiga sa kama. Blanko ang isip ko hangang sa makatulog ako.

Nagising ako sa malakas na katok sa kwarto ko. Para bang may kaaway ako na naghahanap sakin. Wala naman nagsasalita, katok

lang ng katok.

Gandang pang-gising!

"**Gising na!**" Inis na sigaw ko kaya tumigil ang pagkatok.

Bwisit! Ang aga-aga mambulahaw ng lintik na yon. Maka-katok wagas parang wala ng bukas. Padabog akong bumangon. Cellphone ko ang una kong tinignan, nagbabaka-sakali.

Nakaramdam ako ng lungkot. Malalim ang naging buntong hininga ko. Hangang ngayon hindi pa rin sya sumasagot sa mga text ko. Nakapatay ang cellphone nya kapag tinatawagan ko.

Shit naman! Keifer...

Tumayo ako at dumiretso sa banyo. Nag-ayos na ko para makapag-almusal. Paglabas ko ng kwarto saktong labas din ni Aries sa kwarto nya. Walang buhay nya kong tinignan bago tuluyang lumakad paalis.

Dati kapag tinitignan nya ko ng ganyan, iniirapan ko lang sya. Pero ngayon parang ang bigat na sa loob.

Pagdating sa Dining, boses ni Mama ang nangingibabaw sa pagtawa at pagku-kwento.

"**Good morning Jay!**" Naka-ngiti nyang bati sakin.

Walang good sa morning ko!

"**Good morning din.**" Sagot ko bago maupo.

Katapat ko si Aries na nagsisimula ng kumain. Para syang walang paki-alam sa mga tao sa paligid nya. Nakayuko at sunod-sunod ang subo.

Sinimulan ko na ding kumain at umarteng walang paki-alam sa mga nasa paligid ko. Pero dinig na dinig ko pa rin ang mga usapan nila.

"**Magiging okay din sila... Lalu na nga yon.**" Sabi ni Mama.

"**Parang hindi naman. Tignan nyo sila.**" Sabi ni Lola at ramdam ko ang pagtingin nila samin.

Sabay kaming nag-angat ni Aries ng tingin at nagsalubong pa ang mga mata namin. Agad akong umiwas sa pagtingin kila Lola.

"**B-bakit po?**" Patay malisya kong tanung.

Ngumiti lang naman sila sakin. Ang lakas nila maka-loko sa totoo lang. Obvious naman na kami ang topic nila. Feeling ata nila magiging okay na kami ni Aries dahil alam ko na ang totoo.

Pero feeling lang nila yun.

Naunang natapos kumain si Aries. Halos magkasunod lang kami kaya naman magkasunod din kaming naglakad pabalik sa mga kwarto namin.

Kaunti hakbang nalang malapit na kami sa kwarto nya pero bigla syang huminto. Taka akong napatingin sa kanya pero hindi nya ko hinarap.

"**Stop it.**" Sabi nya na lalung nagpa-taka sakin. "**...Wag ka ng umasa kagaya nila. Hindi na tayo magkaka-ayos.**"

Hindi na nya hinintay ang magiging sagot ko. Mabilis syang naglakad at pumasok sa kwarto nya. Nanatali ako dun habang nakatingin sa kung saan.

Wag na kong umasa?

Napailing ako bago naglakad pabalik sa kwarto ko. Mabilis akong naligo at nag-ayos. Kita pa rin yung mga galos na nakuha ko galing sa aksidente kahapon. Kumikirot ang bawat muscle ko pero nakasanayan ko na.

Benefits ng laging napapa-away!

Naglalakad na ko papuntang sala ng marinig ko ang galit na boses ni Kuya at nagrereklamong Aries.

"**Ayoko!**" Inis na sabi ni Aries.

"**Sundin mo utos ko, kung ayaw mong bawiin ko sayo ang kotse mo!**" Sagot ni Kuya Angelo.

Lumipat ang tingin sakin ni Kuya ng makita nya ko.

"**Sumabay ka kay Aries.**" Utos ni Kuya sakin.

"**Ha?**"

"**Sumabay ka sa kanya. Sabay na ulit kayong papasok at kung pwede pati pag-uwi.**"

Kita ko ang pag-gulo ni Aries sa buhok nya. Wala syang magawa kaya naman mabilis syang naglakad palabas diretso sa garahe.

"**Bakit? Para saan?**" Tanung ko kay Kuya ng masigurong nakalabas na si Aries.

"**Baka maulit yung nangyari sayo kahapon. Mabuti ng safe ka.**" Sagot nya at naglakad na paalis.

Safe! Ulowl... Sinong niloko nyo?

Gumagawa lang sila ng paraan para maging malapit kami at magkasundo. Nagsasayang lang sila ng effort. Naglakad ako palabas, balak ko sanang takasan nalang ang inuutos ni Kuya.

Ang bigat na nga ng loob ko dahil sa problema ko sa mga Section E. Tapos nadagdagan pa ng malaman ko yung totoo. Kung anu man yung balak nila, dapat itigil na nila. Lalu lang akong nahihirapan.

Napahinto ako sa gate ng bahay ng makita ko ang kotse ni Aries na nakahinto. Bumaba ang bintana sa pinto ng driver's seat at bumungad ang sibangot na muka nya.

"**Sakay.**" Utos nya.

"**Wag na... May dadaanan pa ko.**" Walang buhay kong sagot at nagsimulang maglakad.

Hindi pa ko nakakalayo nadinig ko na ang malakas na busina ng kotse nya. Pagtingin ko, nasa likod ko na ang kotse nya. Mahigpit

ang kapit nya sa manibela at halatang iritang-irita.

"**Sakay!**" Inis na sigaw nya.

Malalim ang naging buntong hininga ko. Lumapit ako sa pinti ng back seat at binuksan ko. Sumakay ako agad at sinara ang pinto.

Alam ko namang ayaw nya kong makasama dito sa loob ng kotse nya kaya pinili kong maupo sa back seat. Ramdam na ramdam ko ang iritasyon nya sakin pero pinili kong tumingin sa daan.

Pinaandar nya ang kotse at tanging paghinga lang naming dalawa ang ingay na maririnig.

Nakakainis!

Wala syang ginagawa pero nasasaktan ako. O baka kaya ako nasasaktan kasi wala syang ginagawa. Nasanay akong sinisigawan nya ko sa galit at inis pero ngayong tahimik sya....*Kingina!* Pakiramdam ko napaka-wala kong kwenta.

Huminto ang kotse ni Aries, isang kanto bago makarating sa school. Hindi sya nagsalita pero alam ko na ang ibig sabihin non. Kusa akong lumabas ng kotse nya at hinayaan syang mauna sa school.

Tanging usok nalang ng kotse ang naiwan sa harap ko pag-alis nya. Buti pa ang usok! Haaayyy...

Naglakad na ko papasok ng school. Gate pa lang tanaw ko na ang mga istudyanteng pinag-titinginan ako.

"*Pinahiya talaga sya!*"

"*Hindi man lang sya pinagtanggol.*"

"*Kawawa naman.*"

Bulungan ng mga istudyante. Nakakuha na agad ako ng clue kung bakit nila ko pinag-titinginan. Parang apoy na mabilis kumalat ang tsismis kaya hindi na ko magtataka.

Sa mga nangyari sakin kahapon, wala na ko sa mood intindihin sila.

Masyado ng mabigat ang mga nangyari sakin. Dagdag isipin lang kung papakinggan ko pa ang bawat komento nila na hindi naman makakatulong para sakin.

Sa totoo lang, natatakot akong pumasok. Natatakot ako dahil sa galit ni Keifer. Natatakot ako dahil hindi ko alam kung pano ko haharapin ang bawat isa sa kanila. *Natatakot ako...*

Pagdating sa building namin, nakiramdam muna ko. Tahimik sila at mukang walang nangyayaring gulo....pero yun lang pala ang akala ko.

"**Sabihin mo na kasi ang totoo!**" Sigaw ni David.

Nasa tabi na ko ng pinto ng marinig ko yun. Napahinto ako at sandali pang pinakinggan ang pinag-uusapan nila.

"**Wag mo ngang utusan si Keifer!**" Sagot ni Rory. "**...Sasabihin din naman nya eh. Tamang oras lang ang kailangan.**"

"**Naaawa na ko kay Jay-jay.**" Sabi ni Ci-N na naging dahilan ng pagbilis ng tibok ng puso ko.

Naaawa?! Totoo?!

"**Sinabi na kasing tigilan na yang plano na yan!**" Galit na sigaw ni Eman.

"**Kuwari kapa! Isa ka nga sa nanguna sa lintik na plano na yan!**" Sagot ni Denzel.

Plano?!

Naghahalo-halo ang mga sinasabi nila sa isip ko. Naguguluhan ako! Hindi ko maintindihan ang pinag-uusapan nila. Tungkol sakin, sa isan plano at gusto na nilang malaman ko ang totoo dahil na-aawa na sila sakin.

"**Sabihin mo nalang ng maayos tapos humingi tayo ng tawad.**" Sabi ni Blaster.

"**Parang ganun lang kadali ano?**" Sarcastic na sabi ni Drew.

"**Hindi tayo patatawarin ni Jay-jay.**" Sabi ni Yuri.

"**Susuyuin natin sya.**" Sabi ni Rory.

"**Hindi ganun kadali yun.**" Sagot ni Edrix.

Lalu akong nalilito sa mga sinasabi nila. Gusto kong malaman ang totoo, ayoko na ng ganito. Lagi nalang bang may ililihim ang mga tao sa paligid ko?

Suntok sa buwan ang paghakbang ko papasok sa room. Lahat sila nakatingin sakin na may gulat. Pinilit kong itinago ang emosyong nararamdaman ko. Bumagsak ang mga tingin ko kay Keifer na walang reaksyon.

"**J-jay-jay....**" Pabulong na tawag nila sakin.

Kumpleto silang lahat. Pati si Kit na mamaga ang muka ay nandito din.

"**A-anung totoo? Anung plano?**" Nanghihina kong tanung.

Gusto kong malaman ang totoo pero parang ayaw ko din. Andun yung takot, yung takot na masaktan na naman ako sa malalaman ko. Kakaiba yung kutob ko.

Tumingin silang lahat kay Keifer. Wala syang emosyon, naka-cross arm habang nakasandal ng tuwid sa upuan nya.

"**Anu yung plano? Anu yung totoo?**" Pag-uulit ko sa tanung habang hindi inaalis ang tingin sa kanya.

Magsalita kana!

"**Keifer... Magsalita ka na.**" Paki-usap ni Yuri.

"*Keifer! Sabihin mo na!*"

"*Magsalita kana!*"

"**Anung plano yon? Anung totoo?**" Pag-uulit ko at sa pagkakataon na to basag ang tinig ko.

Tangina! Sabihin mo na!

Nanatili syang walang reaksyon at nakatingin sakin. Para syang walang pakialam sa nangyayari sa paligid nya. Para syang walang pakialam sakin.

Nagsisimulang mamuo ang luha sa mga mata ko. Malalim ang bawat paghinga ko dahil sa pagbabara sa lalamunan ko. Para akong sinasakal.

"**Keifer! ANU YANG PLANO NA YAN?!**" Sigaw ko kasabay ng pagbagsak ng luha ko.

Hindi ko na napigilan ang emosyon ko. Nahihirapan ako sa ginagawa nyang pagtitig lang sakin at hindi kumikibo. Halatang nabigla din ang iba sa naging reaksyon ko pero pinili nilang umiwas ng tingin.

"**You sure you want to hear it?**" Seryosong tanung ni Keifer.

Pinilit kong pigilan ang luha ko at nag-nod sa kanya. Mapait ang naging pag-ngiti nya kasabay ng pag-iling. Unti-unting bumuka ang bibig nya pero wala akong narinig na boses o kahit anung ingay mula sa iba. Para akong biglang nabingi at may ilang sigundo bago tuluyang nag-sink in sakin ang sinabi nya.

"**I used you.**"

Nanatili akong nakatanga, naghihintay ng susunod nyang sasabihin. Muling bumagsak ang grupo ng luha galing sa mga mata ko.

"**...and the whole Section E knows it.**"

Yung pakiramdam ng binugbog ang puso ko ng walang kalaban-laban. Tanging pag-iyak at pagtitig sa kung saan lang ang nagawa ko.

G-ginamit?

Tumayo si Keifer at dahang-dahang naglakad palapit sakin.
"**Ginamit kita para makaganti sa pinsan----oh wait! Sa kapatid mo pala.**"

Nanginig ako sa sinabi nya. Alam din nya ang tungkol don? Alam din nilang lahat? Pano? Pano nangyari yun?! At bakit ako nalang yata ang huling naka-alam.

Napailing ako habang nakatitig pa rin sa kanya. Hindi nagbago ang expression ng muka nya.

"**H-hindi ko m-maintindihan.**" Nanginginig ang labi ko.

Huminto si Keifer ilang dipa malapit sakin. Nagtama ang mga mata namin at dun ko lang napansin ang tila malamig at madilim nyang mata. Kung panu nya ko tignan ngayon ay kapareho nung unang beses kaming nagkita.

"**Then i'll explain it to you.**" Mahinahon nyang sabi. "**...The moment Aries show up in front me, acting that he cares for you the plan started----to be exact? That was the time that we make fun of you at the gymnasium.**"

Yun yung pinatamaan nila ko ng bola. Dumugo ang ilong ko at bago pa magdilim ang paningin ko, dumating si Aries para pigilan ako at ayaing umuwi.

"**...We make sure we have your information----thanks to Rory here.**" Tumingin ako kay Rory pero agad syang yumuko para umiwas. "**...We found out that you and Aries are siblings.**"

Tang'na! Alam nila!

Bigla syang nag-smirk at biglang nag-iba ang awra nya. Hindi ko masabi kung galit sya o para bang may balak gawin.

"**...but the plan has no use. That asshole don't care about you and my revenge is useless.**" Sabi nya at bahagyang tumawa.

Parang ibang Keifer ang kaharap ko ngayon. Ang dilim ng mga mata at parang puno ng galit.

"**K-keifer... T-tama na.**" Awat ni Yuri.

Nanigas ang binti at paa ko sa pagkakatayo. Gusto kong isipin na '*Joke*' lang ang mga sinasabi nya. Pero hindi, hindi sya nagbibiro at

hindi sya mahilig magbiro.

Patuloy sa pagbagsak ang mga luha ko kaya naman basa na ang pisngi ko. Kahit punasan yun hindi ko na magawa. Parang may nakadagan na mabigat na bagay sa dibdib ko.

"G-ginamit mo l-lang ako? K-kasama ba d-dun ang pa-ibigin ako?" Halos ayaw lumabas ng boses ko dahil sa nangyayari.

Ayokong itanung ang bagay na yon, natatakot ako sa isasagot nya pero gusto ko pa ring malaman ang totoo. Sana mali ang naglalaro sa isip ko.

Bigla nalang syang tumawa na para bang may nakakatawa akong sinabi. Naglakad sya pabalik sa table nya.

Baka nga joke lang ang lahat ng to. Pinagt-tripan siguro nila ko. Baka gumaganti lang sya sakin.

Siguro pagkatapos nyang tumawa sasabihin nya na yung hinihintay kong linya----'*Joke lang, nakakatuwa ka kasi inisin.*' At sasabihin nyang hindi nya kayang gawin yon kasi mahal nya ko.

Sana tama lahat ng iniisip ko kayalang alam kong hindi. Tuluyang nabasag ang puso ko ng magsalita sya pagkatapos tumawa. At ang mga salitang binitawan ang nagpabago ng lahat sakin.

"Of course it's part of my plan."

Jusko!

Natakpan ko na ang bibig ko sa pag-iyak ng malakas. Wala na kong paki-alam sa itsura ko. Napaatras din ako dahil sa panlalambot ng tuhod at napahawak sa isa sa mga table.

TANGINA! HINDI TO JOKE! PINANIWALA NYA KONG GUSTO DIN NYA KO! HINAYAAN NYANG MAHULOG AKO SA KANYA! GINAMIT LANG NYA KO! ARGH!

ANG BOBO MO JAY! ANG TANGA-TANGA MO AT NAPANIWALA KA NYA!

"**Jay...**" Tawag sakin ni Yuri at akmang lalapit sakin pero tinignan ko sya ng masama.

"**Alam mo?**" Nagpipigil na tanung ko. "**...Kasama ka sa nagplano?**"

Tumigil si Yuri sa paglapit sakin. Parang umurong ang dila nya at hindi nakapag-salita. Hindi man lang nya maitanggi kahit sa simpleng pag-iling. Lalu akong napaiyak dahil sa naging reaksyon nya.

LAHAT SILA!

Lumipat ang tingin ko kay Ci-N. Umiiyak na rin sya habang nakatingin sakin at parang nagmakaka-awa.

"**Kasabwat ka din?**" Nakakapanglambot kong tanung.

Humagugol sya habang pilit pinupunasan ang mga luha. "**I-i'm sorry, Jay.**"

Kaya pala humihingi sya ng tawad sakin dati, dahil dito. Umpisa pa lang may ginagawa na silang katarantaduhan sakin. Hindi ako makapaniwala, ang laki ng tiwalang binigay ko sa kanila.

Tinignan ko din yung iba pero pare-pareho silang umiwas ng tingin. Si David lang tumitig sakin ng matagal. Pero kahit sa kanya may galit ako.

May ginawa ba kong mali?! Bakit kailangan kong mapag-laruan ng ganito?!

Binalik ko ang tingin kay Keifer na walang kahit na anong expression. Wala man lang akong makitang bahid ng awa o pagsisisi sa ginawa nya.

"**B-bakit Keifer? B-bakit?**"

Hindi sya sumagot. Hindi ko na kaya pang magtagal sa harap nya, sa harap nilang lahat. Anung saysay ng pag-iyak ko sa harapan nila? Kahit nanginginig ang tuhod ko pinilit kong lumakad paalis.

"*Jay! Sandali!*"

"*Jay-jay.*"

"*Teka lang! Jay!*"

Nakalabas na ko ng pinto ng maramdaman kong may humawak sa braso ko. Agad kong tinabig yun at tinignan sya ng masama.

"**Anu pa bang kailangan mo?!**" Galit na tanung ko kay Yuri.

"**I-i'm sorry…**" Huminga sya ng malalim. "**…Please. Let me exp----.**"

"**Wag mo ng subukan pa!**" Pinunasan ko ang pisngi ko. "**…Mag-bestfriend talaga kayo! Ang galing nyong magmanipula!**"

"**Jay… Maniwala ka, nagsisisi na kami----.**"

"**Kaya inamin nyo na?! Kasi kinakain na kayo ng konsensya nyo!**"

Napatingin ako sa likod nya ng mapansin kong kasunod nya si Ci-N. Umiiyak pa rin sya. Gustuhin ko mang maawa sa itsura nya, hindi ko kaya.

"**Isa ka pa…**" Napailing ako. "**…tinuring kitang kapatid tapos ganito.**"

"**Jay… I'm sorry.**" Sabi nya.

Nakita ko din yung iba na nakatingin samin. Tinignan ko sila ng masama hangang sa huminto ako kay Yuri.

"**Tama na…**" Halos pabulong kong sabi at agad na tumakbo paalis.

Tiniis ko ang sakit at kirot ng muscle ko sa binti at hita ko. Pero parang wala ng mas sasakit pa sa nararamdaman ko. Hindi sapat yung salitang Durog para masabi kung gano kasakit.

Naririnig ko sila Yuri na nagtatalo sa likod. Mukang pilit nila kong sinusundan pero pinipigilan ng iba. Mas binilisan ko ang takbo,

malapit na ko sa gate ng school ng makita ko si Aries na nakatingin sakin.

Gusto nilang makaganti sa kanya...

Kaya ko nararanasan lahat ng to, dahil sa kanya. Dahil gusto nila syang gantihan. Ginamit nila ko para makaganti sa kanya. KUNDI DAHIL SA KANYA, HINDI KO MARARANASAN TO!

Sabay-sabay ang sakit na nararamdaman ko. Nanlalabo na ang paningin ko dahil sa luha. Hindi ko alam kung nakalabas na ko ng gate pero isang malakas na busina ang napatigil sakin kasabay ng palapit kotse.

BEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEP

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ++

Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 191

A/N: NO EDIT! Ginagawa ko na yung Dark side ni Jay-jay pero parang nag-mumukang comedy... Hahahahaha. Hindi na yata mawawala yun.

Guys! Sama nagpapa-dedicate. Pa-antay lang po. Thank you.

Brother

Jay-jay's POV

Katapusan ko na!----Ang unang pumasok sa isip ko. Amoy sunog na gulong at medyo mausok. Sobrang nagulat ako sa pagsulpot ng kotse muntik na kong hindi makagalaw.

Nakaupo ako sa daan halos katabi lang ng harap ng kotse. Hindi ako makagalaw sa pagkabigla, pakiramdam ko nayanig ang sistema ko dahil sa nangyari. Ganito rin ang pakiramdam ko nung tutukan ako ng baril sa ulo. Iba nga lang ang sitwasyon ko ngayon.

"**Shit!**" Dinig kong sigaw ng kung sino. "**...Are you okay?!**"

Napatingala ako sa nagsalita. Nasa harap ko na sya ngayon at nag-aalalang nakatingin sakin. Ayaw pa ring kumilos ng katawan ko pero kahit ganun, nakilala ko pa rin ang kaharap ko.

"**P-percy?**"

Bahagya syang naupo para maka-pantay ako. Tinignan nya ang kabuuan ko. Hindi ko alam kung saan ako mas mabibigla, sa mga nalaman ko kanina, sa nangyaring muntik na kong masagasaan o kay Percy na kaharap ko na ngayon.

Bumalik na sya...

Totoo yung sinabi nya. Babalik ba nga sya, haharapin na nya ko at sasagutin ang mga tanung ko. Bigla nalang akong nakaramdam ng naka-bara sa lalamunan ko. Nag-umpisa na naman akong maiyak.

"**B-bakit? May masakit ba? Dadalin kita sa ospital!**" Natataranta nyang sabi.

Hinawakan ko sya sa magkabilang braso. Kahit patuloy sa pagbagsak ang luha ko, pinilit kong makapag-salita ng maayos.

"**I-ilayo mo k-ko d-dito!**" Nag-mamaka-awa kong sabi.

Hindi ko na kaya pang magtagal sa lugar na to. Alam kong nakasunod sila sakin kanina at anu mang oras makikita na nila ko.

"**S-sige.**" Sagot ni Percy at inalalayan akong makatayo.

Tinulungan din nya kong makasakay ng kotse nya. Patuloy pa rin ako sa pag-iyak, sobrang hapdi na ng mata ko gusto ko ng tumigil.

Sumakay sya at agad na pina-andar ang kotse. Panay ang tingin nya sakin at ibabalik sa daan ang paningin.

"**May masakit ba sayo? Sa ospital tayo.**" Sabi nya.

Umiling ako habang pilit pinupunasan ang pisngi ko. "**A-ayoko.**"

"**Ha? Baka----.**"

"**BASTA DALIN MO KO SA TAHIMIK NA LUGAR!**" Sigaw ko na ikinabigla nya.

"**O-oo... E-eto na...**"

Mas bumilis pa ang takbo ng kotse. Kung saan kami papunta hindi ko alam. Gusto kong lumayo, malayong malayo. Malayo kila Mama, malayo kay Aries, malayo sa mga Gagong Ulupong at malayo sa Hari nila.

I used you...

Sampal sakin ang mga salitang yun. Yung matatamis na salitang binitiwan nya sakin. Yung mga araw na magkasama kami at magka-hawak ng kamay. Kung panu nya sabihin sakin na mahal nya ko.

I love you until scientist find the end of the universe.

SINUNGALING! Hindi totoo! Niloko nya ko! Niloko nila ko!

Ako naman si Tanga napaniwala nila. Ang bobo ko talaga. Bakit hindi ko man lang naisip yun? Sana nung sinabi pa lang ni Aries, naniwala na ko.

Kaya pala ganun nalang ang bintang nya. Kasi nga alam nyang gaganti sila. Alam nyang may kasalanan sya at babalikan sya ng Hayop na Keifer na yon.

Sya ang may kasalanan nito! Hindi sana mangyayari sakin to ngayon. Hindi sana ako paglalaruan ng mga Hayop na yon. Hindi sana ako....

Mahuhulog sa kanya at sa patibong nya!

"**Jay...**" Tawag sakin ni Percy habang patuloy sa pagmamaneho. "**...may nangyari ba? Bakit ka ba umiiyak ng ganyan?**"

Hindi ako sumagot. Nanatili akong nakatingin sa labas. Ninanam-nam ko bawat pangyayari kanina. Yung mga reaksyon nila at lahat ng mga pinag-sasasabi nila.

Pamilya?!

Ako lang pala ang ganun ang tingin sa kanila. Ako lang pala ang nag-aakala na magkakaibigan kami. Ako lang pala ang nag-iisip na kabilang ako sa kanila. Ako lang pala, ako lang.

Dapat nagkaroon na ko ng doubt. Sino bang tatanggap sa kagaya ko? Sinong gustong maging kaibigan ko? Kahit noon pa, makikipag-kaibigan daw pero aalis din kapag wala ng mapakinabangan sakin.

Walang gustong makasama ang kagaya ko!

Sobrang pagod-pagod ang utak at katawan ko sa mga nangyari. Bugbog na bugbog na ang puso ko. Sumisikip ang dibdib ko tuwing magpapa-ulit-ulit sakin ang mga nangyari.

Pero wala na yatang mas sasakit pa sa mga sinabi ni Keifer sakin. Sana sinaktan nalang nya ko ng pisikal, mas matatanggap ko pa yon, kesa ganito. Kung kelan sigurado na ko na mahal ko na sya.

Kung kailan unti-unti na kong dumidepende sa kanya. Kung kelan parang hindi ko na kayang mawala sya sakin.

Kung kelan....Naisugal ko na ang lahat.

Ayaw mawala sa isip ko ng mga mata nya habang sinasabi sakin yon.

Of course it's part of my plan.

Lalung sumikip ang dibdib ko sa mga salitang yon. Sinuntok ko ang dibdib ko ng ilang ulit sa pagbabaka-sakali na mabawasan ang kirot pero walang talab.

Ang lakas maka-pvta nito!

Napatingin ako sa labas ng mapansin kong hindi na kami umaandar. Nakahinto kami malapit sa tabi ng dagat. Tinignan ko si Percy pero wala na sya sa driver seats. Agad kong binuksan ang pinto at lumabas.

Malakas na hangin ang sumalubong sakin. Pinunasan kong pilit ang mga luha sa mata ko. Nagpapa-ikot-ikot pa rin ang sakit sa sistema ko pero nanaig sakin ang paghahanap kay Percy.

Umalis na naman ba sya?!

"Tapos kana?"

Napatingin ako sa likod ko. May dala syang bottled water habang palapit sakin. Seryoso ang itsura nya at hindi ko mabakas kung may galit o inis ba sya.

Lumunok ako at huminga ng malalim. **"S-sorry... H-hindi ko alam n-na huminto na tayo."**

Inabot nya sakin ang bote na kinuha ko naman. **"Oo nga... Halatang ayaw mong magpa-istorbo."**

Napayuko ako dahil sa sinabi nya. Hindi ko na namalayan ang nangyayari sa paligid ko dahil sa kakaisip sa kanila.

"**Oh.**" Sabi nya habang inaabot ang isang panyo. "**...nagsabog ang ilong mo sa sipon. Kakadiri ka.**"

Ha?! Ilong sa sipon?

Agad kong kinuha yung panyo at pinunasan ang ilong ko. Inulan ako ng kahihiyan bigla dahil don. Syempre umiiyak ako malamang sisipunin din. Hindi ko na naisip ang itsura ko mula kanina.

Kakahiya! Kainis...

Napatingin ako kay Percy ng mapansin kong naglalakad sya palapit sa dalampasigan. Tinignan ko ang paligid. May tindahan malapit sa pinag-parkingan namin. Wala ring katao-tao sa beach maliban sa mga batang naglalaro sa malayo.

Tahimik at ang sarap pakinggan ng alon ng dagat.

Tinanggal ko ang sapatos at medyas ko at iniwan yun sa tabi ng kotse. Sinundan ko agad si Percy na patuloy sa paglalakad.

"**Namayat ka...**" Sabi nya ng masabayan ko na sya sa paglalakad. "**...Kumakain kaba ng maayos?**"

"**O-oo...**" Alinlangan kong sagot.

Eto na yung hinihintay ko noon pa, ang maka-harap sya pero wala'ng gana ang katawan at isip ko para magtanung ng kung anu-anu. Mahalaga din sakin yung kaharap ko na ulit sya ngayon. Sana lang hindi na sya umalis.

Ininom ko yung tubig na binigay nya sakin. Mabilis kong naubos yon dala na rin ng pagka-uhaw, feeling ko na-dehydrate ako sa kakaiyak. Mahapdi din ang mata ko dahil don at lalung humahapdi kapag natatamaan ng hangin mula sa dagat.

"**Ayaw mo ba talagang magpadala sa ospital?**" Tanung nya at agad naman akong umiling. "**...May mga gasgas at pasa ka kasi.**"

Tinignan ko ang hita at braso ko. "**K-kahapon pa to.**"

Sandali syang tumigil at tinignan ako. "**Anung nangyari**

kahapon?"

Sa totoo lang, wala akong gana magkwento sa kanya kaya umiling lang ulit ako. Bigo syang bumalik sa paglalakad. Nakasunod lang ako habang pinag-mamasdan ang pinong buhangin sa paanan namin.

Nakakainis ang ganitong pakiramdam. Ang dami kong tanong nung wala sya pero wala man lang akong masabi ngayon. Marami akong gustong malaman pero kung ganitong nahihirapan ako, isa lang muna siguro ang itatanung ko.

"K-kamusta si P-papa?" Halos pabulong kong tanung.

Huminto sya sa paglalakad at tumingin sa ibang direksyon.

"Nasa New York pa sila..."

"Kelan sya babalik?"

Huminga sya ng malalim. **"Hindi ko pa alam."**

Bakit parang iwas sya na pag-usapan yon? Kaharap ko lang sya pero parang lumalayo sya. Hindi ko maintindihan! Ayaw din nyang humarap sakin na para bang may ayaw syang ipahalata.

Nag-umpisa na namang mamuo ang mga luha sa mata ko. Nagbabadyang bumagsak kahit anung oras. Bumalik sya sa paglalakad pero hindi na ko sumunod. Pinili kong maupo sa buhangin at pagmasdan ang dagat.

Kung lunurin ko nalang kaya ang sarili ko? Para matapos na lahat ng to!

Tangina kasi! Kailangan talaga sunod-sunod? Hindi ba pwedeng sunod na buwan naman yung isa? Agad-agad ba dapat? Masarap ba kong paiyakin kaya dapat sunod-sunod? At bakit kailangang makidagdag ng Percy'ng ugok na to?

Karma ko na yata to. Kasi nga naging pasaway ako non. Hindi ako naging mabuting Apo kay Lola. Sakit ako sa ulo ng school at Guidance ang naging tambayan ko. Kinamumuhian ako ng mga

kaklase ko kasi nga masama daw ang ugali ko.

Binabalikan na ko ng mga yun ngayon. Kung kelan sinusubukan kong baguhin ang sarili ko. Kung kelan nagpapaka-tino na ko---- kahit konte. Ngayon ako sinisingil.

"**Nahihirapan ako ng ganito.**" Sabi ni Percy na nasa tabi ko na pala. "**...Mind telling me what happen?**"

What happen?!

Sa halip na mga salita ang isagot ko sa kanya, luha ang unang lumabas sakin. *Tangina!* Nagfa-flashback lahat ng nangyari sakin.

Simula nung gabing nagalit si Keifer dahil sa ginawa ni David. Pati yung araw na tinaboy nya ko sa harap ni Aries. *Kingina!* Isa pa yang nalaman ko na magkapatid pala kami. At ngayon....Yung niloko lang pala nila kong lahat.

"**Please... Say anything.**" Paki-usap ni Percy.

Tinignan ko sya at halos madurog ang labi ko sa pagkagat para lang pigilin ang pag-iyak ko.

"**S-si Keifer...**" Huminga ako ng malalim. "**...niloko n-nya ko. G-ginamit lang nya k-ko.**" Parang bata kong sumbong.

Bigla nalang nya kong niyakap dahilan para masubsob ang ulo ko sa dibdib nya. Sa halip na itulak sya palayo, hinayaan ko nalang. Naging dahilan pa yon ng mas malakas kong pag-iyak.

Ang lakas kasi talaga maka-gago ng nangyayari sakin. Hindi man lang ako nakapalag, hindi man lang ako hinayaang lumaban o dipensahan ang sarili ko.

Napaka-hina ko! Mahina ako!

"**Pakiramdam ko, l-lahat ng taong malapit s-sakin niloloko lang ako.**" Sabi ko.

"**Ssshhh... Wag kang mag-isip ng ganyan.**"

Pano ko hindi mag-iisip ng ganyan? Sunod-sunod na katotohanan ang nalaman ko. Baka naman meron pa? Lumabas na sana ng mas maaga.

"**Si A-aries, sya pala ang kapatid ko.**" Napaiyak na naman ako ng malakas.

Sya ang kapatid ko pero sya din ang dahilan ng lahat ng to. KASALANAN NYA!

Sandali akong natigilan ng meron akong maalala. Umalis ako mula sa pagkakayakap ni Percy at tinignan sya. Alam nyang kapatid ko si Aries at alam din nya ang plano ni Keifer. Hindi kaya....

Nagkuyom ang kamao ko at malakas na suntok ang binigay ko sa kanya. Agad akong tumayo at bahagyang lumayo sa kanya. Kita ko kung panu nya indahin ang suntok ko. Napapikit pa sya habang napapa-iling.

"**Alam mo...**" Sabi ko habang naka-turo sa kanya. "**...Alam mong kapatid ko si Aries at alam mo din ang plano ni Keifer.**"

Tumayo sya kahit halata ang pagkahilo. Mukang sa panga tumama ang suntok ko dahil yun ang hawak nya.

"**...Sabihin mo! Kasabwat ka din ba sa kalokohan ni Keifer?!**" Galit na tanung ko.

"**Damn it!**" Biglang sigaw nya. "**...ang sakit mo manuntok! Babae ka ba?**"

Nakaramdam ako ng inis sa sinabi nya. Hindi ko alam kung nanadya ba sya at ayaw nyang sagutin agad ang tanung ko.

"**Sagutin mo ko!**" Utos ko.

Huminga sya ng malalim. "**Alam kong kapatid mo si Aries dahil sa Papa mo. Yung plano ni Keifer nalaman ko naman dahil kay David.**" Paliwanag nya. "**...Maniwala ka, pinilit kong maka-uwi agad para iligtas ka kay Keifer. Kung hindi lang ako nagka-problema, baka noon pa ko nagpakita sa lahat.**"

Shit!

Nasuklay ko ang buhok ko gamit ang daliri ko. Nababaliw na ko, nahihirapan na kong magtiwala sa mga tao sa paligid ko.

Kasi baka nilolоko lang nila ko. Baka may balak din sya!

"**S-sorry... Sorry...**" Hindi ko na natuloy ang sasabihin ko. Inunahan na ko ng paghagulgol ng malakas. "**...B-baka kasi... Baka----.**"

"**Baka saktan kita? Baka lokohin? Baka paiyakin kagaya nila?**" Dugtong nya sa sasabihin ko.

Tama lahat ng sinabi nya. Hindi mawala yung takot sakin. Nahihirapan na kasi akong magtiwala dahil inuunahan na ko ng hinala.

"**S-sorry...**"

"**Jay-jay...**" Naramdaman ko ang kamay nya na pumatong sa ulo ko. "**...Hayaan mong saktan ka nila. Hayaan mong pa-iyakin ka nila. Hayaan mong lokohin ka nila...**" Naramdaman ko ang isang kamay nya sa likod ko at dun ko lang napansin na nakayakap na sya sakin. "**...Dahil pagkatapos non, pupuntahan kita at dadamayan. Samahan kita at ipaparamdam ko sayong hindi ka nag-iisa.**"

Ang sarap panghawakan ng mga sinabi nya. Gusto kong maniwala pero natatakot ako. Ayoko ng sumugal ng tiwala.

"**P-percy...**"

"**Kung natatakot ka, ayos lang.**"

Sobrang natatakot...

Kung alam mo lang kung gano ko gustong paniwalaan ang mga sinasabi mo. Pero kung yun ang makakatulong sakin para mawala ang bigat sa dibdib ko handa akong bigyan ka ng pagkakataon.

"**...I'm willing to prove you i'm trustworthy.**"

Sa pagkakataon na to, kusang tumigil ang pagluha ko kahit wala akong gawin. Parang gamot sa sugat ang mga salitang binitawan nya. Binitiwan nya ko at tinignan, nagtama ang mga mata namin at ngumiti sya.

"S-sino ka b-ba sa buhay ko?"

Lumawak ang ngiti nya at bahagyang tumawa. **"I'm glad you ask that... Ako lang naman ang iyong..."** Tinapat nya ang kamay sa muka ko tsaka bahagyang ginalaw yon na parang nagsabog ng competti. **"...konsensya."** Mala-impakto nyang bulong.

Ay Gago!

Ang sarap iuntog ng ulo ko ngayon sa batuhan. Ang seryoso ng usapan at halos maubos ang lakas ko sa pag-iyak pero eto sya at nakangiti ng parang hinayupak na may ginawang kalokohan.

Dapat na ba kong umiyak ulit? Kasi pakiramdam ko bukod sa manloloko at sinungaling ang mga taong malapit sakin, hindi na ko magkakaroon ng matinong kausap. Lahat yata mga takas sa mental.

Patiwakal na...

"Dapat na ba kong malungkot dahil may panibagong baliw sa buhay ko?" Inosenteng tanung ko.

Tumawa sya ng malakas habang napapailing. **"Joke lang... Gusto lang kitang pangitiin."**

Napailing ako sabay tingin sa ibang direksyon. **"Tsk! Gusto kong malaman kung sino ka. Wala akong oras sa mga biro mo."**

Biglang naging seryoso ang itsura nya. **"Alam ko namang gusto mong malaman kung sino talaga ako. Pero sa mga nangyari sayo ngayon mas mabuti kung sa susunod nalang."**

Nakaramdam ako ng inis. Eto na naman sya, iiwanan na naman nya kong naka-tanga sa ere. Buti sana kung may susundo saking eroplano pero wala.

"Panu kung wala ng susunod? Panu kung umalis ka na

naman?" Halos manlambot ako habang tinatanung yon.

Umiling sya. "**Hindi na ko aalis...**"

Malalim ang paghinga ko. Pagod na pagod ang katawan ko kahit wala naman akong ginawa.

Hindi na ko aalis...

Panu kung hindi totoo? Panu kung sinasabi lang nya yan para magtiwala ako? Panu kung may balak na naman pala syang umalis? Panu kung....

"**Sabihin mo nalang, please...**" Yumuko ako at pumikit. "**...pagod na pagod na kasi ako.**"

Naramdaman ko ang kamay nyang pumatong sa ulo ko. "**Kung mapilit ka... Sige.**"

Ang kamay nyang nakapatong sa ulo ko ay agad na humawak sa kamay ko. Napadilat ako at bigla nalang nya kong hinatak. Pabalik kami sa kotse nya.

Meron syang pinindot sa susing hawak at binuksan nya ang pinto. Napatingin ako sa kanya ng hindi sya gumalaw. Hinihintay nya kong pumasok sa loob.

Kinuha ko ang sapatos na iniwan ko kanina at sumakay. Sinara nya ang pinto at pumunta sa kabila para sumakay at pumwesto sa driver's seat.

Pagsara ng pinto, binuhay nya muna ang makena para buksan ang aircon. Maginhawa sa pakiramdam pero ang hapdi sa mata.

Argh! Kingina! Mabubulag na ata ako.

"**I hope you're ready for this...**" Dinig kong bulong nya.

Meron syang kinuhang bag na itim mula sa back seat. Isang brown envelop ang hinugot nya mula dito.

Ang bilis ng tibok ng puso ko. Wala namang dapat abangan pero

ka-abang-abang talaga yung ginagawa nya. Para akong naghihintay ng showing sa sinehan.

Despicable Me 3!

"**Oh...**" Sabi nya habang inaabot sakin ang isang litrato.

Si Papa ang nasa picture kasama ni Mama at isang Baby. Yung damit na suot nya ay kamuka ng damit na suot din nya na nasa picture namin sa harap ng isang simbahan.

"**K-kami ba to?**" Halos pabulong kong tanong.

"**Oo, at yang Baby na mukang pinipi ang muka... Ikaw yan.**" Sagot nya.

Isa pang picture ang inabot nya sakin. Isang babae na maganda at makinis kasama ng lalaking foreigner na blue ang mata----Papa nya! Sya yung nakita ko sa bahay nila Felix dati. Meron din silang kasamang Baby.

"**Kami yan... Family picture namin. And that freak'n handsome Baby is me.**" Paliwanag nya.

Bakit ganun?!

Bakit ako mukang *Pinipi* nung Baby tapos sya freaking handsome? Hindi yata patas yon. Bago pa ko makapag-protesta isa pang picture ang inabot nya sakin.

"**And this is... Their family.**" Malungkot ang tinig nya nung sinabi nya yon.

Si Papa kasama ng Mama ni Percy sa picture. Naka-bihis sila ng formal na para bang umattend sa isang pang-mayamang party. Hindi sila naka-ngiti kagaya sa mga family picture namin. Ang hindi ko lang maintindihan yung '*their family*'.

Tinignan ko si Percy para hintayin ang sunod nyang sasabihin. Malungkot ang mga mata nyang nakatingin sa mga picture sa kamay ko.

"**Pareho tayo...**" Panimula nya. "**...Pareho tayong anak sa labas.**"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 192

A/N: NO EDIT! Sorry sa matgal na update but no worries the long wait is over.

Sorry sa wrong grammar, spelling and miss words. Kahit maganda ako, may katamaran pa rin ako----charot! Hahahaha 😂😂😂😂... Busy na ang mga alaga ko sa group dahil may pasok na pero sana join pa rin kayo.

Step brother

Jay-jay's POV

"Pareho tayong anak sa labas."

A-anak ako sa labas?

Hindi ko alam ang bagay na yon. Walang sinasabi sakin sila Lola. Kahit sino sa kanila wala at wala silang balak sabihin sakin.

Humigpit ang hawak ko sa mga picture dahilan para bahagyang malukot yon. Hindi ko maintindihan kung panu ako naging anak sa labas?

"I-ipaliwanag mo." Utos ko.

Isa na namang picture ang nilabas nya mula sa brown envelop at inabot nya sakin. Picture naman yun ng isang matandang Lalaki na naka-upo sa wheel chair.

"Yan ang Lolo mo." Sabi nya.

Lolo ko?

Isa na namang picture ang inabot nya. Binitiwan ko ang mga naunang picture na binigay nya. Napalunok ako kasabay ng panginginig ng makita kung sino ang nasa picture. Si Papa at ang Mama ni Percy at nakasuot sila ng pang-kasal.

"**A-anu to?**" Tanung ko na may halong takot.

Binawi nya ang picture sakin at pinag-masdan yun. Malungkot ang kanyang mga mata habang tinitignan yon.

"**Your Dad and my Mom are victims of arrange marriage.**" Sabi nya at nagpilit ng ngiti. "**...And your grandfather is the one who set it up.**"

Nanatali akong nakatingin sa kanya at walang kibo kahit bawat salita nya ay niyayanig ang katawan ko. Sampal sakin ang katotohanang sinasabi nya.

"**Kasal na sila bago pa tayo isilang sa mundo.**" Dagdag nya na tuluyang nagpabagsak sa mga luha ko.

Shit lang!

"**H-hindi ko m-maintindihan. P-pano?**" Hindi makapaniwalang tanung ko.

Kaya ba kami naging anak sa labas? Pero kung kasal na sila panung nangyari na nagkaroon pa sila ng pamilya sa iba?

Ang gulo!

Napasama pa yata yung pagsasabi ko kanina na ilabas na lahat ng pwede kong malaman. Sinusulit talaga yung pagpapaiyak sakin.

"**Hindi ko alam kung panu pero pinili nilang pareho na bumuo ng pamilya habang malayo sa isa't isa.**" Huminga sya ng malalim. "**...Tayo ang bunga non.**"

Malinaw ang bawat salita na sinasabi nya. *Tagalog eh!* Pero bakit parang gulong-gulo pa rin ako. Ayaw mag-sink in sakin ng mga sinasabi nya.

Sobrang dami kong tanong pero parang hindi ko din maintindihan ang sagot. Nakaka-Gago!

Napatingin ako sa hita ko kung saan nakapatong yung ibang litratong binitiwan ko. Kinuha ko yung family picture namin.

Nakangiti si Mama at Papa sa picture na to at alam kong masaya sila dahil kita'ng kita ang excitement sa mga mata nila.

"P-pero bakit g-ganun? B-bakit kami i-iniwan ni Papa tapos h-hindi na nagpakita?" Halos hindi ako makahinga.

Hindi ako makahinga ng maayos na para bang may sumasakal sakin. May kung anung nakabara sa lalamunan ko at nagbabadya na naman ang mga luha ko.

Hindi ba kayo nagsasawa sa pagbagsak?!

"Kagaya samin." Malungkot na sabi nya. **"...iniwan kami ni Mama at hindi na nagpakita. Nag-asawa si Papa ng iba at yun ang Mama ni Felix."**

"Pero bakit nga?"

Kinuha nya ang isang picture sa hita ko. Hinarap nya sakin ang picture ng Lolo ko.

"Because of him... Nalaman nya ang totoo at nagbanta sya na ipapa-patay tayo pareho kung hindi sila titigil."

Tinitigan kong mabuti ang muka nung matanda sa picture. Muka na syang mahina pero kita pa rin sa kanya ang supistikado at pagiging ma-otoridad. Nagsusumigaw ng '*kahit matanda ako, mayaman ako!*'.

Tatlong M! Matandang, Mayamang, Masungit!

Binalik ko ang tingin sa kanya ng ibaba nya ang picture. Malungkot ang mga mata nya at alam kong nasaktan din sya sa ginawa ng Lolo ko. Dalawa kaming resulta ng binuong pamilya ng mga magulang namin pero hindi pala pwede ang pamilya'ng yon.

"Pero... Panu ka napunta kila Papa?" Tanung ko.

Sabi nya iniwan din sya ng Mama nya at hindi nagpakita pa pero bakit magkakasama sila?

May dayaang nangyayari!

"**When that accident happen----that they thought I died. Merong naka-kita saking palutang-lutang sa ilog. Dinala nila ko sa ospital, ilang araw akong tulog kaya walang nakakuha ng information tungkol sakin.**" Bahagya syang tumingin sakin at ngumiti. "**...sakto namang pinapahanap ni Mama ang bangkay ko at sa ospital na yon may nakakita sakin.**"

Bangkay agad?! Hindi ba pumasok sa isip nila na buhay pa sya?

"**P-pero bakit wala man lang naka-alam na buhay ka?**"

Kung alam mo lang ang mga nangyari nung nawala ka. Nagka-sira-sira sila ang mga kaibigan nya. Halos lahat galit kay Aries dahil sya ang sinisisi ng mga tao.

Napahawak sya sa manibela at unti-unting humigpit yon. "**Si Mama... She let them think that i'm already dead.**" Ngumiti sya ng mapait. "**...lakas pa ng loob kong magtampo kung bakit walang dumadalaw sakin. Kasi pala patay na ko para sa kanila.**"

Napailing ako. "**4 years kang hindi nagpakita... Bakit wala ka man lang ginawa?**" Nagsisimulang tumaas ang boses ko.

Hindi ako ang naiwan nung nawala sya. Hindi rin naman ako naapektuhan dahil hindi ko naman sya kilala noong panahon na yon pero hindi ko maiwasan na hindi sya kwestyunin.

"**Almost 4 years...**" Pagtatama nya sa sinabi ko. "**...I'm paralyzed. I can't move my body and your Dad is the one who took cared of me. Kaya nakilala kita----he keep telling things about you and it makes me... Fall inlove with you.**"

Tongono!

Nanlaki ang mata ko sa sinabi nya. *Fall inlove with me?!* Ang bigat ng salitang binibitawan nya. Pakshit lang! Pakiramdam ko malaking problema to.

"**As a sibling... Brotherly thing. Parang kay Felix nung unang beses ko syang makita.**" Bahagya syang tumawa. "**...Kala mo naman! Maka-react ka dyan.**"

Yung ang sarap manuntok ng muka. Ang bigat bigat na nga ng nararamdaman ko tapos biglang magsasalita ng ganun. Hindi ko na tuloy alam ang dapat kong maging reaksyon sa kanya. Mababaliw ako dahil sa lalaking to!

Ang hirap kausap! Putcha!

"**So...**" Pagtutuloy nya. "**...yun ako sa buhay mo. Stepbrother.**" Ngumiti sya sakin.

Napailing ako. Masaya akong malaman kung sino sya talaga pero nananaig sakin ang kalungkutan. Ang komplikado pala kasi ng buhay ko. Sa sobrang komplikado wala man lang naglakas ng loob na sabihin sakin ang totoo.

"**A-alam din ba ni Mama yon?**" Mahinahon kong tanung.

Huminga sya ng malalim at tumingin sa ibang direksyon. "**I'm not the one who should answer it.**"

Parang hindi ko na kailangang itanung. Muka kasing alam ko na ang sagot. Kinagat ko ang labi ko para pigilan ang nagbabadyang luha pero ayaw talaga nilang magpa-awat.

"**Argh!**" Sigaw ko at tinakpan ang muka ko. "**...Tangina!**"

"**Tsk! Tangina'ng to! Don't say bad word.**" Sita nya sakin pero hindi ko pinansin.

Nagpatuloy ako sa pag-iyak. Alam nila Mama ang totoo. Sigurado ako, wala silang binabanggit sakin na kahit ano kasi alam nila. Ayaw nilang hanapin ko si Papa dahil alam nilang may pamilya sya.

Ang tagal kong inasam na makasama si Papa kagaya ng Kuya ko. Kung sinabi lang sana nila sakin ang totoo, hindi na sana ako umasa pa. Hindi na sana ko nag-asam pa na makita sya.

"**Aaaaahhhhhh!!!!**" Malakas na sigaw ko.

Kaya pala pati sila Kuya Angelo pinipigilan akong makita sya. Kasi pala ganun!

Lahat nalang ba?!

Lahat nalang ba ng tao sa paligid ko magsisinungaling sakin? Binubuhay lang ba nila ko para paglihiman? Kaya pala parang hindi ako tanggap ng ibang kamag-anak namin.

Kasi naging kabit si Mama at ako ang resulta.

Bakit kailangang maging ganito kagulo ang buhay ko?! Bakit kailangang maging komplikado?! Bakit kailangang ako ang mahirapan sa lahat?!

Sinampa ko ang paa ko sa upuan at niyakap ang tuhod ko. Pakiramdam ko nag-iisa lang ako sa problemang kinakaharap ko.

Tama si Percy dapat yata hindi ko muna inalam ang lahat. Dapat yata pinalipas ko muna ang sama ng loob ko. Masarap yata talaga akong paiyakin kaya sunod-sunod ang dating ng problema ko.

Ang tapang-tapang kong humarap sa suntukan dati pero napatiklop ako ng mga nalaman ko ngayon. Hindi naman ako iyaking tao ngayon lang talaga ako umiyak ng ganito. Handa naman talaga akong humarap sa problema pero hindi ko man lang nagawang harapin ang katotohanan.

Kasi mahina ako!

Tumingin ako kay Percy na kasalukuyang nakatingin sakin. Awang-awa ang tingin nya sakin na para bang sobrang api'ng-api ako. Ayoko sa lahat yung kinaka-awaan ako ng ganyan pero anung magagawa ko? Inapi talaga ako. Inapi ako ng katotohanan, pinagsasampal ako na para bang nasa telenobela ako at pinahirapan hangang sa umiyak ako.

Lakas maka-telenobela, feeling artista!

"**Percy...**" Tawag ko sa kanya na parang nanghihingi ng tulong.

Bigla nalang nya kong niyakap. Ginatihan ko ang yakap na yon at walang patumanggang umiyak sa dibdib nya.

"**Okay lang yan... Andito si Kuya.**" Sabi nya at hinalikan ang

bunbunan ko. "**...Hindi ka iiwan ni Kuya kahit anung mangyari.**"

Ang daya...

Hindi dapat sya ang nagsasabi sakin nyan. Si Aries dapat ang andito at nakayakap sakin ng ganito.

Akala ko dati magkakasundo kami ng Kuya ko kahit magka-iba kami ng Ama pero hindi pala. Kahit kailan hindi kami magkakasundo.

Hindi ko alam kung gano na kami katagal sa ganung posisyon. Tumigil lang ako sa pagiyak ng makaramdam ako ng sobrang pagod. Nanatali pa rin akong nakayakap sa kanya at nakatingin sa labas.

"**Gusto mo na bang umuwi?**" Tanung nya sakin.

Umiling ako at umalis sa pagkakayakap sa kanya. "**Ayoko ng umuwi samin.**"

"**Hindi pwede... Kailangan----.**"

"**Para saan?**" Putol ko sa sasabihin nya. "**...para paglihiman ulit? Pag-utuin nila at mapapayag sa gusto nila?**"

"**Kung hindi ka uuwi, saan ka pupunta?**" Tanung nya na parang naghahamon.

Yumuko ako at pinaglaruan ang mga daliri ko. "**Sa inyo.**"

"**ANO?!**" Gulat na gulat na tanung nya. "**...Sira ba tuktok mo?! Hindi ka pwede samin!**"

Nakaramdam ako ng inis sa sinabi nya. "**Bakit hindi?! Kayo magkasama ni Papa tapos ako hindi pwede!**"

"**Dahil wala naman dyan ang Papa mo! Baka isipin ng mga tao don sa bahay, sinamantala ko na wala sila!**" Sagot nya sakin.

"**Kelan ko pwedeng makasama ang Papa ko?!**" Inis na tanung ko.

Umiwas sya ng tingin. "**Hindi ko pa alam.**"

"**Bakit?!**"

"**It's complicated.**" Maarteng sabi nya na lalung nagpa-inis sakin.

Hinawakan ko sa kwelyo at niyugyog ng sobrang lakas. Parang matatanggal ang ulo nya sa ginagawa ko.

"**A-aray! Tigil---Aray!**" Sigaw nya habang hawak ang kamay ko.

"**Hindi na ko uuwi don! Ayoko na silang makita!**" Sigaw ko naman sa kanya.

"**T-tumi----Jay!**" Sigaw nya ulit.

Pabato ko syang binitiwan at naging dahilan yon ng pagtama ng ulo nya sa bintana ng sasakyan. Kitang-kita ko kung panu nya indahin ang sakit.

Napasobra ata!

"**Sakit... Papatayin mo ba ko?**" Reklamo nya sakin habang mangiyak-ngiyak.

Nakonsensya ako bigla kasabay ng awa sa kanya. Hindi ko naman intensyon na inuntog sya----*slight lang!* Hawak hawak pa rin nya ang parte ng ulo nya na tumama.

"**Hindi nga kasi pwede!**" Inis na sabi nya sakin. "**...Kailangan mo din silang harapin at pakinggan ang paliwanag nila.**"

Napayuko ako. Totoong kailangan ko ngang harapin ang pamilya ko pero hindi ko alam kung handa ba kong pakinggan ang mga paliwanag nila.

"**Sige ganito nalang.**" Sabi nya at tumingin ako sa kanya. "**...pagdating ng Papa mo ako susundo sayo para dun kana umuwi sa bahay.**"

Kelan pa yun?! Baka naglaslas na ko o kaya nagbigti kapag dumating na si Papa.

Napanguso ako pero nag-nod din agad bilang pag-sang-ayon sa sinabi nya. Sa totoo lang natatakot akong harapin sya. Iniwan nya ko nung unang beses na magkita kami baka hindi nya ko tanggapin o kaya kilalanin kapag nagka-harap kami ulit.

"**Iuuwi na kita.**" Sabi nya habang nililigpit yung mga litratong nagkalat.

Binalik nya yon sa brown envelop at binato sa back seat. Pina-andar nya ang kotse matapos magligpit. Sa daan ako nakatingin buong byahe. Walang kahit na anung pumapasok sa isip ko.

Blangko sa mga posibleng mangyari.

Blangko din sa mga pwede kong gawin maliban sa pag-alis sa bahay nila Tita Gema. Para akong lantang gulay, walang buhay at walang ganang mabuhay. Mahapdi ang mga mata ko at kahit hindi ko tignan, alam kong namumula ang ilong ko.

Naubos ko na ata ang tissue ni Percy sa kotse. Inabot nya sakin kanina yon habang nakayakap ako sa kanya. Isang box yun ng tissue paper pero ngayon, walang ng laman.

Mayaman naman sya, makakabili sya ng bago.

Kulay dilaw at orange na ang langit ng makarating kami sa syudad. Sobrang layo pala ng pinuntahan namin ngayon ko lang napansin.

Biglang lumiko sa isang drive thru ang kotse. Dun ko lang din naalala na hindi pa nga pala kami kumakain ng panghalian. Nahiya tuloy ako bigla sa kanya.

Gutuman na rin siguro sya ngayon.

"**Sampung Happy Meal...**" Sabi nya dun sa crew ng Mcdo. "**...Puro burger yung minion yung balot tapos... Yung drinks etong Honey Banana float.**"

Honey Banana float?!

Puno ng pagtataka ang itsura ko habang nakatingin sa kanya. Sampung Happy Meal?! Adik ba sa Mcdo ang taong to?

Inabot nya ang bayad sa crew at muling pinaandar ang kotse para kuhanin ang order sa kabilang window. Napilitan kaming maghintay dahil may nauna pang sasakyan samin.

"**Sampung Happy Meal?!**" Tanung ko.

Ngumiti sya sakin. "**Oo... Sayo yung toys akin yung pagkain.**"

Aanhin ko yung toys?!

Umandar na yung sasakyan at sunod-sunod na inabot samin ng crew ang mga order. Sampung box ng Happy Meal, dalawang supot na puno ng burger na kulay dilaw ang balot at tatlong plastic kung saan nakalagay yung drinks.

Hindi ako nakagalaw dahil sakin lahat tinambak ni Percy yung plastic at box ng Happy Meal. Muli kaming umandar at huminto kami sa isang malawak na parking.

"**Kainan na!**" Sigaw nya at kumuha ng burger.

Sunod-sunod ang subo nya kaya halos mabilaukan sya. Natatawa ako sa kilos nya, may naalala kasi akong ganyang-ganyang kumain.

Yung mga patay gutom!

Napapikit ako ng marahan at pilit inalis yon sa isipan ko. Yung katakawan ng mga Ulupong na yon. Kung panu sila mag-unahan sa pila para lang makakain. Nasasaktan ako kapag naalala ko sila, bumabalik din kasi yung mga ala-ala na magkakasama kami----tapos hindi naman pala totoo.

Wag kang iiyak!

"**Kumain kana... Alam kong gutom ka.**" Sabi ni Percy dahilan para mapatingin ako ulit sa kanya.

Dalawang burger na ngayon ang hawak nya at parehong may kagat. Sa totoo lang nagugutom na rin ako. Matapos ang walang humpay na pag-iyak at tanging isang bote lang ng tubig ang nagbalik ng kaunting enerhiya ko talagang gugutumin ako.

Nilagay mo muna lahat ng toys sa back seat at nagsimula ring kumain. Nang matikman ko yung burger bigla nalang akong nagutom ng sobra. Parang sampung araw akong hindi kumain.

"**Enge akong drinks.**" Paki-usap ni Percy kaya inabot ko sa kanya yung isang plastic na puno ng drinks.

Sunod-sunod ang naging subo ko. Para akong kasali sa palaro ng pabilisang kumain. Tinignan ko si Percy na dalawang drinks na ang nauubos habang may isang burger pa sa kamay.

Halos mabilaukan ako sa bilis kong lumunok. Minsan hindi ko na nginunguya. Nanguha ako ng drinks at dire-diretsong ininom yun.

Shit! Brain freeze...

Sumakit ang ulo ko sa sobrang lamig ng inumin. Hindi ko man lang magawang hawakan ang ulo ko dahil hawak ko ang burger sa isa at yung drinks naman sa isa.

"**Hahahaha... Takaw mo kasi.**" Sabi ni Percy habang tumatalsik pa ang laman ng bibig.

Kadiri naman to!

"**Hiyang-hiya naman ako sayo.**" Inis na sabi ko.

Muli akong bumalik sa pagkain at hindi nalang sya pinansin. Tatlong drinks na ang nauubos nya samantalang ako dalawa. Isang burger nalang ang natitira sa harapan namin.

Tinignan nya ko at ngumiti ng nakakaloko. "**Akin nalang to... Marami ka ng nakain.**"

Naka-handa na ang kamay nyang kunin ang burger pero agad ko yung hinampas ng malakas.

"**Sa plastic ko nakalagay... Kaya akin yan. Lima na yung naubos mo!**" Inis na sabi ko at kinuha yung burger.

Bago ko pa mabuksan yung balot, bigla nalang nyang tinulak ang muka ko gamit ang isang kamay.

"**Araaay!**" Sigaw ko.

"**Ang takaw-takaw mo! Akin na to!**" Sigaw nya sakin at inigaw ang burger.

Bwisit!

Ang sakit na nga ng damdamin ko tapos ginaganito nya pa ko. Binitiwan nya ako at agad na kinagatan ang burger kahit may balot pa.

Wow! So, hindi sya matakaw ng lagay na yan?!

Matapos kagatan inigaw ko ulit sa kanya yung burger. Tinangka nyang agawin sakin pero mabilis ang kamay kong dumiretso sa ulo nya para batukan sya.

"**ARAY!**" Malakas at may halong galit nyang sigaw.

Tinanggal ko yung balot at kinagatan yung burger ng malaki. Salubong na ang kilay nya habang nakatingin sakin.

Habang ngumunguya ako, bigla nalang syang tumingin sa bintana sa tabi ko at tumuro don. Sa sobrang taka ko tumingin din ako, yun nga lang bigla nyang inagaw sa kamay ko yung burger.

Na-peke ako!

"**Hoy!**" Muling sigaw ko.

Akala ko kakagatan lang nya pero bigla nyang dinilaan yung tinapay. Nakangiti sya ng nakakaloko at pilit ibinabalik sakin ang burger.

"**Oh ayan! Saksak mo sa baga mo!**" Sabi nya habang nakatawa.

Tinignan ko sya na purong pandidiri. Parang tanga naman kasi sa kasalaulaan. Mayaman ba talaga tong isang to?

"**Kadiri ka...**" Bulong kong sabi pero mukang narinig din dahil sa biglang pagtawa.

Maligaya nyang kinain ang burger habang iniingit ako sa bawat kagat. Lintik na yan! Binigyan nga ako ng panibagong kapatid kayalang may saltik din.

Pwede ba kong mag-request ng matino-tino dyan?!

Pero kahit ganun, hindi ko maiwasan na hindi mapangiti. Sandali ko kasing nakalimutan ang problema dahil sa kakulitan nya. Yun nga lang hindi ako pwedeng maging kampante, dahil ganito rin noon. Naging kampante ako sa kanila kaya hindi ko nahalata na nilolоko na pala nila ko.

"**May drinks ka pa dyan?**" Tanung nya habang pilit tinatanaw yung mga nasa plastic.

Malalim ang naging paghinga ko at inabot sa kanya ang natitirang drinks. Kumuha ako ng isa at hinayaan syang ubusin yung natitira.

Ang tindi sa katakawan nitong isang to. Parang ngayon lang nakaka-kain ng burger sa Mcdo. Matapos kumain yung mga toys naman ang binalingan nya.

"**Banana! Banana!**" Sabi nya habang pinaglalaruan ang isa.

Natawa nalang ako bigla sa kanya. Muka kasi syang bata at naalala ko sa kanya si Ci----*shit!* Para akong sinasaksak kapag naiisip ko sila.

Umiwas ako ng tingin at niligpit ang mga pinag-kainan namin. Inipon ko yon sa isang plastic at lumabas ng kotse para itapon sa malapit na basurahan.

Pagbalik ko, lahat ng laruan nakabukas na at pinag-lalaruan nya.

Pfffttt... Isip bata!

"**Nagbago na isip ko. Akin nalang pala tong toys.**" Sabi nya.

"**Edi sayo na.**" Bored kong sagot.

Sandali syang tumingin sa langit at niligpit ang mga laruan. Tinambak na naman nya lahat sa back seat.

"Time to go home."

Nakaramdam ako ng kaba. Malaking bahagi ko ang ayaw na talagang umuwi. Ayoko pang makita ang mga tao samin.

Habang umaandar ang sasakyan at palapit ng palapit sa amin, pabilis din ng pabilis ang tibok ng puso ko. Gusto kong buksan yung pinto ng kotse at tumalon nalang.

Kayalang baka masakit... Wag nalang.

Pagliko sa kanto papasok sa street namin, unti-unting bumagal ang takbo ng kotse. Malayo palang kasi kitang kita na ang mga sasakyang nakaparada sa labas ng bahay. Pati na rin ang mga taong tila nag-aabang.

Kingina! Anung ginagawa nila dito?!

Yung kaninang kaba ko, nahaluan na ngayon ng galit at sakit. Parang mas lalong ayaw ko ng umuwi. Hindi ko maintindihan kung bakit kailangang pumunta ng mga Ulupong na yan dito.

Huminto ang kotse ilang bahay ang layo mula samin. Napatingin ako kay Percy ng marinig ko ang pagbubuntong hininga nya.

"**Ayoko pa sanang magpakita sa kanila. Kayalang...**" Tumingin sya sakin at ngumiti. "**...kailangan mo ng umuwi.**"

"**Baka pwede bukas nalang ako umuwi? Baka kasi----.**"

"**Hindi. Napag-usapan na natin to Jay.**" Seryosong sabi nya kaya hindi na ko nagsalita.

Halo-halo ang nararamdaman ko ng muli nyang paandarin ang kotse. Sa amin lumipat ng tingin ng mga Hayop na Ulupong. Wala si Yuri at Keifer, pero kahit ganun hindi pa rin nawawala ang nararamdaman ko.

Huminto ang kotse sa mismong harap ng mga Ulupong. Kanya-kanya sila ng pwesto at tila na-alarma sa presensya naming bagong dating. Pinatay ni Percy ang makina pero nanatili kami sa loob.

Ilang beses akong huminga ng malalim at lumunok para pagilan ang mga nagbabanyang luha.

Hinawakan ni Percy ang kamay ko at ngumiti. Nag-nod sya sakin na parang sinasabi na 'O*kay lang yan, Pwede ka ng lumabas*'. Wala akong choice kundi ang buksan ang pinto. Lumabas ako pilit itinago ang nararamdaman ko. Pinilit ko ding maging blanko ang expression ko.

Sobrang hirap para sakin nito! Ang itago ang sakit sa harapan ng mga nanakit sakin.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 193

A/N: NO EDIT! I no longer accept dedication. Kung kukuha po ako, sa fb ko nalang po announce.

I shall return

Jay-jay's POV

Hindi pa talaga ako handa na humarap sa kanila. Sariwa pa ang sugat at ang lahat-lahat----kaninang umaga lang kaya. Pero makulit masyado tong si Percy ang sarap lang iuntog sa pader.

"*Jay-jay*"

"*Si Jay-jay.*"

"*Andito na sya.*"

Sunod-sunod na sabi nila. Puno ng pag-alala ang mga itsura nila. Halos lahat sila nagtangkang lumapit sakin pero tumigil din ng bumukas ang pinto sa parte ng driver. Kita ko ang pagkabigla ni Felix at David. Pagtataka naman ang naging reaksyon ng iba----hindi siguro kilala si Percy.

"K-kuya?" Tawag ni Felix sa kanya.

Ngumiti si Percy sa kanya. **"Kamusta? Na-miss mo ba si Kuya?"**

Hindi nakagalaw si Felix at kita ko ang panginginig ng labi nya. Sinamantala ko ang pagkakataon na nakay Percy ang atensyon nila. Pumasok ako sa gate at dumiretso sa bahay.

Huminto ako pagdating sa pinto. Mukang nagkamali ako ng akala na wala ang mag-bestfriend'ng Gago dito.

"Jay..." Tawag sakin ni Yuri at tumayo.

Agad na napunta sakin ang atensyon ng lahat ng tao sa bahay. Dun ko lang napansin na kumpleto pala sila. Dali-dali silang lumapit

sakin maliban kay Tito Julz at Andy.

"**Saan kaba nagpunta?**" Bungad sakin ni Lola na puno ng pag-aalala.

"**Yung mga kaklase mo kanina ka pa hinahanap.**" Sabi ni Tita Gema.

"**Anu bang nangyari? Bakit bigla kang umalis sa school nyo?**" Tanung ni Mama.

Wala akong naging sagot sa mga tanung nila. Tinignan ko sila isa-isa. Masama ang tingin sakin ni Kuya at Aries. Naramdaman ko na naman ang pagbara ng hangin sa lalamunan ko. Huminga ako ng malalim para pagilin yon pero nawalan ng saysay yon ng magtama ang tingin namin....ni Keifer.

Tangina!

Wala syang reaksyon habang naka-cross arm at nakasandal sa sofa. Hindi ko masabi kung anung gusto nyang iparating pero pinili kong umiwas at kasabay non ang pagpatak ng luha ko mula sa isang mata.

Humarap ako kay Mama na halatang galit dahil sa ginawa ko.

"**Ma...**" Tawag ko sa kanya. "**...Anak ba ko sa labas?**"

Mahinahon ang pagkakasabi ko pero ang laki ng pagbabago ng expression nila. Maging si Kuya at Aries nagbago din ang istura.

Hinawakan ni Mama ang braso ko pero agad kong binawi yun. Panay ang buka ng bibig na para bang may sasabihin sya pero hindi nya maituloy.

"**S-saan mo naman n-narinig yan?**" Pilit nyang tanung.

"**Anak ba ko sa labas?**" Pag-uulit ko sa tanung.

Muling bumagsak ang ilang luha mula sa mata ko. Diretso ang tingin ko kay Mama dahil ayokong hindi makita ang magiging reaksyon nya.

"**Jay... S-syempre h-hindi----.**"

"**Sinungaling.**" Putol ko sa sasabihin nya.

Agad nya kong tinignan ng masama pero pilit binawi yun. "**A-anu bang s-sinasabi mo?**"

"**Anak ako sa labas dahil may asawa na si Papa nung nagkakilala kayo.**" Diretsong sabi ko.

Wala na kong paki-alam kung marinig ng iba ang sasabihin ko. Malalaman at malalaman din nila yon. Si Keifer pa, *He have ways* nga diba?!

Huminga ng malalim si Mama. "**S-saan mo ba nakuha yan?**" May halong inis na ang tinig nya.

Hindi ako sumagot, may ilang sigundo pa ang naging titigan naming dalawa bago sya bumaling sa pintuan sa likod ko.

"**Good evening po.**" Sabi ni Percy habang pumapasok.

Kagaya ng naging reaksyon ni Felix ang naging reaksyon ng mga nakakakilala sa kanya sa bahay. Si Tita Gema na napatakip pa sa bibig nya. Si Kuya Angelo na sobra-sobra ang pagtataka at si Aries na halos mawala na ang pagitan ng kilay sa pagsalubong.

"**You've finally show up.**" Sabi ni Keifer.

"**Na-miss ko na kasi kayo.**" Sagot ni Percy.

Kahit hindi ko sya nakikita alam kong naka-ngiti sya. Naglakad sya palapit sa tabi ko. Sandali ko syang tinignan bago ibalik ang tingin kay Mama na nagtataka sa kanya.

"**Hi Tita...**" Bati ni Percy kay Tita Gema. "**...Wazzup Boss...**" Kay Kuya Angelo. "**...Aries, my men!**"

Hindi nagbago ang expression nila. Dito ko na pagtanto na totoo ang tanung na '*bakit ganyan itsura mo? Para kang nakakita ng multo.*'

"**What the...**" Sabi ni Aries ng mapagtantong totoo ang kaharap

nya. "**...You're fvcking alive?**"

Hindi! Multo yan, multo.

Tumawa si Percy at tumingin muna sakin bago magsalita. "**Alive and kicking.**"

Napasinghap si Aries at parang nagpipigil ng galit. Ginulo nya ang buhok nya at hinalamos ang muka. Nakakabigla talaga kapag nakita mong buhay na buhay ang taong akala mong patay na.

Hinarap ako ni Percy at hinawakan sa likod. "**Is everything alright?**"

Anu sa tingin mo?!

Hindi ako makasagot dahil obvious naman na hindi. Ramdam ko ang pagtingin samin ng lahat na puno ng pagtataka.

"**Excuse me? Pwedeng malaman kung sino ka?**" Iritableng tanung ni Mama.

"**Sorry... Where is my manners?**" Inilahad nya ang kamay kay Mama. "**...I'm Percy Rey Mariano. Son of Reycee Mariano.**"

Unti-unti nag-iba ang reaksyon ni Mama. Para bang nasagot ang tanung nya kanina. Ibig sabihin lang nito kilala nya yung Reycee---- Mama ni Percy.

Agad na hinawakan ni Mama ang braso ko at hinatak palapit sa kanya. Pilit kong binawi ang kamay ko kaya nagsalubong ang kilay nya.

"**Bakit kayo magkasama?! Anung kailangan mo sa anak ko?!**" Galit na tanung ni Mama.

Ngumiti si Percy na para bang hindi nagagalit sa kanya si Mama. "**Wala naman po... Gusto ko lang makasama ang kapatid ko.**"

Bigla nalang tumawa si Aries pero yung tawa na naiinis sya. Alam kong magulo ang nangyayari pero nagagawa pa ring kumalma ni Percy sa harap ng iba.

Muli na naman nya kong tinignan. "**Alis muna ko, mukang kailangan nyong mag-usap...**" Tumingin sya kila Keifer, Yuri at Aries. "**...at may kailangan din akong kausapin.**"

Ngumiti sya at nagpaalam na samin. Agad na sumunod sa kanya sila Keifer, Yuri at Aries. Hindi ko alam kung panung usap ang gagawin nila pero malakas ang kutob kong magkakagulo sila.

Nang tuluyang mawala sa paningin namin agad akong hinarap ni Mama. Hinawakan nya ang parehong braso ko ng mahigpit.

"**Panu kayo nagkita ng lalaking yon?! Anung sinabi nya sayo?!**" Galit na tanong nya.

"**Jeana...**" Pigil ni Tita Gema sa kanya.

Pilit kong binawi ang mga braso ko pero lalong humihigpit ang hawak nya. Ramdam ko din ang pagbaon ng kuko nya kaya lalu akong nasasaktan.

"**Sumagot ka!**" Sigaw nya.

"**Pinuntahan nya ko!**" Pasigaw kong sagot sa kanya.

Sa totoo lang mas gusto kong isigaw na '*masakit*'. Nasasaktan na ko sa pagkakahawak nya. Mahapdi na rin ang pagkakabaon ng kuko nya.

"**Anung sinabi nya sayo?!**"

Padabog kong binawi ang kamay ko. Halos matuklap ang balat ko dahil sa biglaang paghatak ko habang nakabaon ang kuko nya.

Ang sakit!

"**Sinabi nyang 'Anak ako sa labas'!**" Pabalang kong sagot.

Hawak-hawak ko ang braso kong hawak nya kanina. Napapagod na kong umiyak pero sa paraan ng pagtingin nya sakin, hindi maiwasan.

Para bang may mali akong ginawa at kinahihiya nya ko.

"**Anu pa?!**" Galit na tanung nya.

Sakin lang nakatuon ang mga tingin nya. Sinabayan ko ang titig nya yon. Alam kong Nanay ko sya at dapat nirerespeto pero hindi ko matiis na hindi ipakita sa kanya ang sama ng loob ko.

"**ANU PA!**" Malakad nyang sigaw na nagpa-atras sakin.

"**Anu bang paki-alam mo sa sinabi nya?!**"

Bigla nalang nyang hinawakan ang panga ko at diniinan yon. Kitang kita ko ang galit sa mga mata nya.

"**Hon! Nasasaktan yung bata!**" Awat ni Andy pero hindi sya pinansin ni Mama.

Sunod-sunod na bumagsak ang luha ko. Nahihirapan ako kahit hindi naman dapat. Hindi ako kakahinga kahit wala namang sumasakal sakin. Hindi ako makagalaw kahit napaka-luwag sa kinatatayuan ko.

"**Napupuno na ko sayo! Bakit ba ayaw mong sagutin ang tanung ko?!**" Galit na sabi nya habang dinuduro ako.

"**Jeana... Bitawan mo na si Jay-jay. Nahihirapan yung----.**"

"**Wag kayong makialam!**" Putol ni Mama sa sasabihin ni Lola.
"**...Usapan mag-ina to!**"

"**Naging ina kaba sakin?**" Nakaka-insulto kong tanong.

Isang malutong na sampal ang naging tugon nya sakin. Hindi na ko nabigla na kaya nyang gawin sakin yon pero kahit ganun hindi ko pa rin maiwasan na hindi masaktan.

"**Ganyan kaba talaga ka-bastos?!**" Tanung nya at isa pang sampal ang isinunod nya.

"**Jeana... Tama na!**" Awat ni Tita pero hindi sya pinansin ni Mama.

"**Pinipilit kong ayusin yung satin pero ayaw mo kong pabigyan!**" Sabi nya at isang sampal na naman ang binigay nya.

Basag ang tinig nya at parang wala ng lakas ang mga sumunod nyang sampal. Kung saan-saan na rin tumatama ang palad nya.

"**Bakit kailangang pahirapan mo ko ng ganito!**"

Hindi ako nakasagot, hinintay ko lang ang mga sampal nyang tumama sakin. Masakit sa balat pero wala ng mas sasakit pa sa mga nangyari sakin.

"**Bakit ba kasi ikaw ang naging Nanay ko?**" Halos pabulong kong sabi.

"**Jay-jay!**" Sita sakin ni Lola.

Hinintay ko ang palad ni Mama na tumama sa muka ko pero wala. Tinignan ko sya at kita'ng-kita ko ang pagbagsak ng mga luha nya habang parang nabigla sa sinabi ko.

Wala akong kahit anung nararamdaman. Manhid na yata ako sa sakit.

"**Jay-jay... Wag mong sagutin ang Mama mo ng ganyan.**" Maotoridad na utos ni Kuya.

Hindi ko sya pinansin. Nanatili ang tingin ko kay Mama. Parang walang ibang tao sa bahay bukod saming dalawa.

"**Batang ina...**" Panimula ko. "**...asawa ng bayan at ngayon kabit. Anung title ang sunod mong kukuhanin?**"

Panibagong malakas na sampal ang natanggap ko. Muntik pa kong matumba sa lakas non. Namanhid din ang pisngi ko sa sobrang sakit pero mas nasaktan ang damdamin ko ng makita ko kung sino ang sumampal sakin.

Hindi pa pala ako manhid!

"**Lola...**" Tawag ni Kuya na may pag-aalala at agad na lumapit sakanya.

"**Hindi kita pinalaki ng ganyan... Ang kapal ng muka mong sagutin ang nagbigay ng buhay sayo.**" Sabi ni Lola na puno ng

panunumbat.

Tuloy-tuloy na bumagsak ang luha ko. Nanginginig ang labi ko habang humihinga ng malalim.

"**Sana hindi mo nalang ako binuhay...**" Mahina kong sabi kay Mama. "**...kung ganito lang din naman na puro kasinungalingan ang nakapaligid sakin.**"

Wala ng nagsalita pa sa kanila. Tumalikod ako sa kanila at sinimulang maglakad papunta sa kwarto ko. Sobrang pagod na pagod ang katawan ko kaya kahit paghakbang parang hindi ko na magawa.

Siguro masama ang ugali ko nung past life ko. Ngayon ako pinagbabayad sa lahat ng kasalanan ko. Pagdating sa kwarto ko napaluhod nalang ako sa sahig.

Inilabas ko na lahat ng luha na pwede kong ilabas. Sumisikip ang dibdib ko na para bang dinudukot ang puso ko. Masakit, sobrang sakit! Pakiramdam ng nag-iisa lang ako at walang kakampi sa bahay na to.

+ +

Percy's POV

I love the sound of my car engine. Lalu na kapag mabilis ang takbo. Mula sa side view mirror kita'ng kita ko ang mga kotse nilang nakasunod sakin kahit madilim.

Sige lang... Sunod lang kayo!

Mas binilisan ko pa ang takbo at talagang balak sabayan ni Keifer ang bilis ng sasakyan ko. Binaba ko ang bintana sa tabi ko at sinilip sya.

"**Woooohhhhh! Habol pa!**" Pag-aasar ko sa kanya.

Binaba din nya ang bintana ng kotse nya at gitnang daliri nya ang bumungad sakin. Seryoso ang itsura nya habang nakatingin sa daan.

This is nice! I fvcking miss my friends!

Muli kong tinignan ang side view mirror at ganun nalan ang pagtataka ko ng makitang may isang hindi pamilyar na kotse pa ang naka-sunod samin.

Tignan ko ang paligid at naghanap ng pwedeng hintuan. Kami lang naman ang nasa daan dahil madilim na din. Huminto ako sa tabi at lumabas ng kotse.

Sunod na huminto sa harap ko ang kotse ni Keifer at Yuri. Hindi nagtahal huminto na din yung kotse ni Aries at yung hindi pamilyar na sasakyan.

Lumabas ang mga kaibigan kong mukang nabibiyaan ng husto sa kapogian----syempre mas nabiyayaan ako! Bumaba na rin yung driver ng hindi ko kilalang kotse.

Si David pala ang driver nito at kasama nya si Felix na masama ang tingin sakin. Nginitian ko sila habang naka-cross arm.

"**Percy...**" Tawag sakin ni David.

"**Tsk! Tsk! Hindi ka sumasagot sa tawag ko...**" Sabi ko habang napapa-iling.

Tumingin sya kay Keifer sandali. "**S-something happened.**"

"**What the fvck?! Ako nalang ba talaga ang hindi nakaka-alam na buhay ka?!**" Galit na sabi ni Aries.

"**Kelan lang din namin nalaman yan.**" Sagot sa kanya ni Yuri.

"**Pero sana man lang sinabi nyo din sakin yung alam nyo!**"

Napahilamos na sa muka si Aries kasabay ng malalim ng paghinga. As i expected, i know he won't be happy to see me. Nahirapan sya ng husto ng mawala ako dahil nasa kanya ang sisi ng lahat.

"**What makes you show up?**" Bored na tanung ni Keifer.

"**Stupid question.**" Bulong ko at humarap sa kanya habang

nakangiti. "**...Of course my family and Jay-jay.**"

"**Lier!**" Sigaw ni Felix. "**...Kung talagang kami ang dahilan sana noon ka pa gumawa ng paraan.**"

"**It was very complicated back then... Every time na gusto ko kayong makita, kinakailangan ko ng umalis.**" Mahinahong kong paliwanag.

Naiintindihan ko ang galit ni Felix. Nahirapan din sila lalu na't sila ang sumalo ng galit ni Papa. Alam ko din na naghirap sila ng iwanan na sila ng tuluyan ni Papa.

"**That's your reason? Hindi mo kami nagawang tawagan or padalan ng mensahe because you need to leave?**" May halong inis na tanung ni Yuri.

Kung kaninang mahinahon ako ngayon parang hindi na. Hindi ko na yata kayang gawin yun. Nag-iinit ang ulo ko kapag nakikita ko sya.

"**I was paralyzed after '*The accident*'. Mom never allow me to contact anyone.**" Medyo inis na sabi ko.

Diniinan ko talaga ang salitang '*the accident*' para maalala naman nila yung nangyari. Nakakahiya naman kasi parang ako lang ang hindi naka-move on.

"**What the fvck is your connection with Jay-jay?**" Seryosong tanung ni Keifer.

Ugh! Why do i need to explain everything to them?!

"**Haaayy... Nakakapagod magpaliwanag.**" Bulong ko at dumiretso ng tayo. "**...Stepsister ko sya. Nagkataon kasi na yung Mom ko ay asawa pala ng Dad nya. I know, you are all aware of my story with my Mom.**"

"**Yun lang ba talaga? It's more like something else.**" Sabi ni Yuri.

Tinignan ko sya ng masama. "**Anung gusto mong iparating?**"

"**I don't know... Maybe revenge to us?**" Painosenteng sabi nya.

Ang alam ko ako ang malakas mang-inis samin pero ako ang napipikon sa ginagawa ni Yuri. Pero hindi ako papatalo.

"**Revenge? What for? May dahilan ba ko para '*maghiganti*'?**" May laman ang bawat salitang binibitawan ko.

Gusto kong makaramdam sila na wala akong dahilan para maghiganti, kahit pa pakiramdam ko iniwanan nila kami nung panahong kailangan namin sila ni Aries.

"*Lumabas kana! Iwanan mo na ko!*"

"*No! I'm not leaving you here!*"

Shit! Napapikit ako ng mag-flashback sakin ang gabing yon. Ayoko munang alalahanin yon. Hindi ako makapag-concentrate sa gusto kong mangyari.

"**Hindi pwedeng wala kang galit samin. Anung malay namin kung balak mong gamitin si Jay----.**"

Natawa ako bigla ng malakas dahilan para huminto si Yuri ng pagsasalita. Talagang ipipilit nila ang pinaniniwalaan nila.

"**I will never do that... I'm not like you.**" Natatawang sabi ko.

Tumaas ang kilay ni Keifer. "**Like us?**"

"**Yeah...**" Bigla akong sumeryoso. "**...Akala mo ba hindi ko alam ang ginawa nyo kay Jay-jay?**"

Ngumiti si Keifer at tumingin kay David. Mukang may clue na ko kung bakit hindi sya sumasagot sa tawag ko at kung bakit parang namamaga ang muka nya.

"**Your dog is loyal to you...**" Sabi ni Keifer at tumawa.

Kita ko ang pagkuyom ng kamao ni David. Wala talagang hindi nalalaman ang Keifer na to. Sinigurado ko ang pagtatago namin ni David pero nahuli pa rin nya kami.

"**...ikaw din ba ang nag-utos sa Aso mo na halikan si Jay-jay.**" Seryosong dagdag nya.

Hindi ako nag-react kahit nabigla ako. Maging si Yuri, Aries at Felix ay napatingin kay Keifer at David.

Ngayon, alam ko na!

"**You did what?!**" Galit na sabi ni Yuri at akmang lalapit kay David.

"**Inutos ko yun.**" Mabilis kong sabi.

Huminto sila pare-pareho at tumingin sakin na may pagtataka---- maliban kay Keifer.

"**What for?!**" Baling sakin ni Yuri.

Kakairita ang muka nito, pati pulang buhok. Mukang palito ang buset!

Huminga ako ng malalim at tinignan si Keifer. "**Para sagarin si Keifer at ipakita kay Jay-jay ang ugali nya.**"

Sana lang tumama tong mga pinag-sasabi ko. Wala akong clue sa nangyari kaya hindi rin ako sigurado sa mga pinag-sasabi ko.

"**Congratulation...**" Sabi ni Keifer at pumalakpak. "**...Your dog done his job well.**"

Muntik na! Buti nalang talaga...

"**Anung balak mo ngayong andito kana?**" Seryosong tanung ni Aries.

Ngumiti ako sa kanya. "**Bumawi sa mga nasaktan ko at ipakilala si Jay-jay sa Papa nya.**"

"**Hindi mangyayari yon.**" Sagot nya sakin. "**...layuan mo si Jay-jay.**"

Hindi na nya hinintay ang sasabihin ko. Sumakay na sya ng kotse at mabilis na pinaandar yon paalis. Inilipat ko ang tingin kay Keifer at Yuri.

"**Dapat sa inyo nya sinabi yon.**" Sabi ko at tumawa.

Umiling lang sila pareho at sumakay na rin sa kotse. Magkasunod silang umalis at naiwan si David at Felix. Ngumiti ako sa kapatid ko kahit salubong na salubong ang kilay nya.

"**Sakin kana sumabay... Ihahatid kita at gusto ko ring makita si Dalia.**" Sabi ko.

Hindi sya gumalaw nung una pero agad ding lumapit sa kotse ko para sumakay. Nakatitig lang sakin si David at naghihintay ng sasabihin ko.

"**You kiss Jay-jay.**"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 194

A/N: NO EDIT! Hindi pa ko tapos sa pagpapahirap kay Jay-jay. Hahahaha 😂😂😂😂...

Last cry

Jay-jay's POV

Panay ang katok nila Tita sa kwarto ko. Alam kong gusto nila kong maka-usap pero pinili kong hindi sila harapin. Nilakasan ko ang volume ng music sa cellphone ko.

Nakasalpak ang headset sa tenga ko. Ayokong makarinig ng kahit ano. Tanging Rock music lang ang gusto kong marinig sa mga oras na to.

Hay... Parang dati lang.

Napatingin ako sa cellphone ko ng may dumating na text message.

From: *Ci-N*
Message: *Pasok kna, please...* 😣😣

Binura ko agad ang message nya. Dalawang araw na kong hindi pumapasok. Nawalan na ko ng gana sa maraming bagay at kasama na don ang pumasok sa school.

Para saan? Para makita sila? Para makita sya? Hindi na!

Minsan iniisip ko nalang na tapusin nalang ang buhay ko pero hindi pa pwede. Gusto ko pang makita at makasama si Papa, kahit sandali lang.

Napatingin ako sa pinto ng bigla nalang bumukas yun. Ni-lock ko yun----*Sira na yung doorknob!* Galit na pumasok si Aries at agad akong kinwelyuhan. Tinanggal ko ang headset sa tenga ko at kinwelyuhan din sya.

Suntukan?! Suntukan?!

"**Alam mong buhay si Percy at alam mo din ang kwento namin! Bakit wala ka man lang sinabi sakin?!**" Galit na sabi nya at sinandal ako sa pader.

Buong lakas ko syang tinulak habang nakahawak sa damit nya. Sinabayan ko din ang masamang titig nya.

"**Bakit?! Sinabi mo ba sakin na andito lang sa malapit si Papa?! Sinabi mo ba saking anak ako sa labas?! SINABI MO BA SAKING KAPATID KITA?!**" Galit na sagot ko sa kanya. "**...Kaya wag kang magreklamo! Patas lang tayo!**"

Lalung tumindi ang galit nya sakin. Tinulak ulit nya ko pasandal sa pader pero sinabayan ko yon. Namumuka tuloy kaming bata na nagtutulakan.

"**STOP IT!**" Malakas na sigaw ni Kuya Angelo at agad na lumapit samin.

Kasunod nya si Tita Gema na naki-awat na rin samin. Pilit nila kaming pinag-hiwalay. Pumagitna si Kuya at hinarang ang dalawang braso nya samin. Hindi ko pa rin inaalis ang tingin ko sa kanya.

"**Explain yourself Aries.**" Mahinahong utos ni Kuya.

Hindi sya sumagot, nanatili din syang nakatingin sakin ng masama. Kung nagkataon lang na hindi agad dumating si Kuya baka nag-suntukan na kami dito.

Kahit kapatid ko pa sya!

Hindi ako magdadalawang isip na paduguin ang nguso nya. Tutal sya at si Mama naman may kasalanan ng lahat ng paghihirap ko ngayon. Yung makabawi man lang ako kahit isang suntok lang.

"**Anu bang nangyayari?**" Biglang singit ni Mama na mukang kakarating lang. "**...bakit ganito yung doorknob?**"

Sinira ng magaling mong anak!

"**Hindi ka talaga magsasalita?**" Iritableng tanung ni Kuya at

bumaling sakin. "**...anung ginawa ni Aries?**"

Hindi ako sumagot, agad akong dumiretso sa banyo at nagkulong. Ayoko sanang umalis ng bahay pero hindi ako makakatagal ng ganito. Tapos hindi pa ko tinatawagan or tinetext ni Percy.

Agad akong naligo at nag-ayos. Paglabas ko ng banyo wala na sila at sarado na ang pinto----kayalang sira na ang doorknob.

Ang lakas ng tama ng Aries na yon. Wala na naman yata sya sa sarili nya kaya nagawa nyang pumasok dito at pagsalitaan ako ng ganon. Magkakaibigan talaga sila, pare-pareho silang baliw.

Mas baliw nga lang si Percy.

School uniform ang suot ko pero nag-dala ako ng pang-bihis sa bag. Kuwari nalang papasok ako para hindi na sila magtanung. Ayoko kayang pumunta sa school. Aano ako don?!

Magpapabebe!

Matapos magbihis, bumaba na ko at si Lola ang una kong nakita.

"**Pasok na po ako.**" Sabi ko at nilagpasan sya.

Narinig ko ang mahinang pagtawag nya sa pangalan ko pero nagtuloy-tuloy pa rin ako. Masakit pa rin sakin ang ginawa nyang pagsampal. Masakit sakin kasi sya yung una kong inaasahan na magpapalakas ng loob ko. Siguro nasagad ko na yung pasensya nya at talagang naging bastos ako.

Tumingala ako sa langit at huminga ng malalim. Napapagod na ko sa kakaiyak kaya bago pa mag-umpisa, inunahan ko na.

Buti sana kung nagiging perlas kayo pagbumagsak.

Sa Mini Mart muna ko nagpunta. Hindi pa kasi ako nag-aalmusal kaya bibili muna ko ng pagkain. Habang namimili ng iinumin merong nahagip ang paningin ko.

San Miguel Beer.

Hindi ko alam pero nate-tempt akong kumuha. Napa-kagat ako sa labi habang nakatitig don. Ilang beses akong nag-isip hangang sa mapag-desisyunan kong kumuha ng dalawang bote. *Hindi naman masama yung dalawa!* Agad akong pumila sa cashier.

"**Miss...**" Tawag sakin ng babaeng kahera. "**...hindi ko po kayo pwedeng pagbentahan nito. Student pa lang po kayo.**"

Wew nemen!

"**Seryoso ka dyan?!**" Sarkastik na tanung ko.

Nag-uumpisa na kong mairita dahil sa sinabi nya. Student?! Napaka-raming naka-uniform dyan na bumibili ng alak.

"**Pasensya na po.**" Sabi nya at akmang kukunin yung dalawang bote ng alak.

Tinignan ko sya ng masama. Nag-iinit ang kalamanan ko, kailangan ko tong alak. KAILANGAN KO TO?!

"**Kung paduguin ko kaya sa suntok yang muka mo, pagbibilan mo na ko?**"

Kita ko ang pagkabigla sa muka nya. Binitiwan din nya ang bote na hawak nya kanina.

"**Miss... H-hindi po kasi talaga pwede.**" Nakaki-usap nyang sabi.

"**Napaka-tindi-----!**"

"**Miss!**" Tawag ng kung sino mula sa likod ko. "**...Ako nalang magbabayad nyan.**"

Napataas ang kilay ko sa kanya. Hindi ko alam kung nagkataon lang ba o sadyang hinanap nya ko at natagpuan dito sa Mini Mart.

"**I know i'm handsome but no need to stare like that.**" Naka-ngiti nyang sabi.

Ang sarap talagang suntukin ng muka nya.

Bakit parang pamilyar sakin ang linayahan na yon?----*ah tama!* Linyahan ng Pesteng Hari ng mga Ulupong. Ngayon ko pa talaga sya naalala.

"**Oh...**" Bored na sabi ni Percy habang inaabot sakin ang mga dapat bibilhin ko. "**...Agang alak nito. Nag-almusal ka na ba?**"

Hindi ko sya sinagot. Kinuha ko nalang yung mga binayaran nya at naghanap ng table na pwedeng pwestuhan. Kumain muna ko dahil wala pa talang laman ang tyan ko.

Nang maubos yon, yung alak naman ang binalingan ko. Tinitigan ko pang mabuti yon at sa isang iglap bigla nalang natanggal ang tansan.

Oohhh... The power of staring.

Joke lang! Binuksan ni Percy yun ng hindi ko napapansin. Naupo sya sa harap ko at nakangiti na namang nakatingin sakin.

"**Anung oras mo balak pumasok?**" Tanung nya sakin.

Uminom muna ko habang nakatingin din sa kanya. *Argh!* Gumuguhit sa lalamunan. *Tsakit!*

"**H-hindi ako papasok.**" Walang gana kong sagot.

"**Bakit naka-uniform ka?**"

"**Para hindi na sila magtanung.**"

Bahagya syang tumawa. "**Bad yan!**"

Inirapan ko sya ng matindi. Yung nakakahiwa sa talim. Nakakabusit kasi tong taong to. Ilang araw na hindi nagparamdam sakin tapos ngayon mang-aasar.

"**Ewan ko sayo... Buset ka!**"

Bigla nalang syang tumawa ng malakas at may pahampas-hampas pa sa lamesa. Lalu akong nabuset sa kanya at parang ang sarap nyang suntukin.

Tinungga ko ulit yung bote ng alak na hawak ko pero wala ng lumabas na kahit ano. Naubos ko na pala ng hindi ko namamalayan. Agaw pansin kasi tong abnormal na stepbrother ko.

"**Bili ka pa nga!**" Utos ko at bigla nalang syang naging seryoso.

Akala ko napikon sya sa pagkakasabi ko pero unti-unti umawang ang labi nya at bumuo ng malapad na ngiti. Sa sobrang lapad labas gilagid nya. Muka tuloy syang impakto!

"**Ayoko... Pilitin mo ko...**" Sabi nya.

Nasampal ko nalang ang noo ko. Ang lakas talaga ng tama nya. Sobrang lakas feel ko nalang maglaslas.

Pwede kayang mag-request pa ko ng isang kapatid? Okay lang kahit babae, basta hindi ganito mag-isip. Yung normal naman at matured hindi ganitong abnormal at immature.

Please... Isa pang kapatid! Yung normal kausap!

"**Wag mo na pala ako ibili... Baka mapikon ako ipukpok ko nalang sayo tong bote.**" Sabi ko at tumayo na.

Lumabas na ko ng Mini Mart at hinayaan syang mag-isa. Alam ko namang susunod sya----*yan pa!*

"**Saan tayo?**" Tanung nya mula sa likod ko.

See?!

"**Ewan ko sayo...**" Pabulong kong sabi at naglakad na paalis.

Sa totoo lang kahit naman ganyan sya na parang tanga, masaya ako na andito sya. Sandali kong nakakalimutan ang problema ko kahit sakit sya sa ulo.

Napahinto ako ng may mapansin ako sa kabilang daan. May mag-jowa sa kabila na sweet na sweet habang naglalakad. Ewan ko pero parang nakarinig ako ng nabasag.

"**Shit! Tinamaan ko yung bintana!**" Sigaw ni Percy at bigla nalang

hinawakan yung kamay ko at nagtatakbo.

Punyeta to! Akala ko puso ko na yung nabasag. Paka-emote pa naman ako.

Huminto kami sa isang park na may playground. Nakahawak ako sa tuhod ko habang naghahabol ng hangin. Sumakit yung binti ko sa layo ng tinakbo namin.

"**Anu ba kasing pinag-gaga-gawa mo?!**" Inis na tanung ko.

"**Yung pusa sa bubong ang binabato ko! Kayalang kinapos, yung bintana ang tinamaan.**" Paliwanag nya.

Bwisit talaga!

Napailing nalang ako habang naghahanap ng bench na pwedeng upuan. Sandali akong naglakad-lakad pero napahinto din ng may mapansin ako. Isang lalaki na naka-sweat shirt at hoodie jacket na superman, naka-headset at parang nag-jo-jogging.

S-si Keifer.

Kusang humakbang ang paa ko palapit sa kanya pero agad din akong huminto. Bakit ako lalapit sa kanya?

Aaminin ko may bahagi ko ang gusto syang makita. Dalawang araw akong hindi pumasok kaya dalawang araw ko din syang hindi nakita. Masakit sakin ang ginawa nya pero hindi ko naman maiitatanggi----*may nararamdaman pa rin ako sa kanya!*

"**Oy… Bakit?**" Tanung sakin ni Percy at tinignan din ang tinitignan ko. "**…ahh.**"

Kusang nanlabo ang mata ko dahil sa mga luha. Bumabagsak na naman sila na walang patumangga.

Sana naman maging perlas na kayo!

Ang sakit kasi! Ang sakit na naniwala ako na mahal din nya ko. Naniwala ako sa mga sinasabi nya. Kasi parang totoo, ramdam ko eh. Kung panu nya ko titigan at hawakan. Kapag hinahalikan nya

ko at niyayakap. Totoo para sakin.

"**Percy...**" Tawag ko habang nakatitig pa rin sa paalis na Keifer.
"**...panu mo malalaman kung mahal ka ng isang tao?**"

"**Kapag sinabi nya...**" Mabilis nyang sagot.

Tinignan ko sya at ng mapansin ang mga luha ko agad syang sumeryoso. Tingin ko nakuha naman nya ang gusto kong iparating.

"**...m-mahirap sabihin. K-kusa mo naman kasing mararamdaman yun lalu na kung pinaparamdam nya.**"

Huminga ako ng malalim at muling tumingin sa gawi ni Keifer. Malayo na sya sa amin.

Ayokong mag-assume kasi nga baka masaktan ako. Pero kung hindi ko gagawin to, hindi ko malalaman ang totoo. Naglakad ako patungo sa direksyon ni Keifer.

"**Huy! Saan ka pupunta?**" Tanung ni Percy habang nakasunod sakin.

"**Gusto ko lang masagot ang tanung ko.**" Sagot ko at mas binilisan ang paglakad.

"**Sigurado ka ba dyan? Baka tama lang ng alak yan.**"

Kung tama man ng alak to ayos lang. At least may lakas ako ng loob na gawin to. Kahit ngayon lang, gusto kong masagot ang tanong ko.

Mahal mo din ba ko?

Kahit sa kabila ng mga panloloko nila. Kahit minsan ba hindi pumasok sa isip nya o naramdaman man lang. Posible naman siguro yon, kagaya ng mga napapanood ko sa tv.

Sa kakasunod namin sa kanya late ko na napansin na pauwi na pala sya sa kanila. Saktong nasa gate na sya ng bahay nila ng huminto sya. Tinanggal nya ang headset at nagpamaywang.

"**Next time you'll follow me make sure i don't notice you.**" Sabi

nya ng hindi humaharap samin.

Nice! Alam talaga nya lahat!

Umikot sya at bored kaming tinignan. Basang-basa ng pawis ang buhok nya. Parang lalu syang gumwapo sa itsura nya. Hindi ko talaga alam kung panu sya kakausapin. Wala talaga akong ideya kung panu ko sya tatanungin.

"**What do you want?**" Tanung nya samin.

"**A-anu... K-kasi... M-may----.**" Hindi ko na naituloy ang sasabihin ko.

Bigla nalang kasing pumasok si Percy sa gate ng bahay nila Keifer. Oo, pumasok sya na parang sya ang may ari ng bahay.

Kapal din! Ayos!

"**Hey!**" Sigaw sa kanya ni Keifer at agad na sumunod sa kanya.

"**Pa-CR ako!**" Sagot ni Percy at mabilis na tumakbo paloob ng bahay.

Napilitan akong pumasok din sa gate. Naiwan kasi ako sa labas mag-isa. Nakatayo si Keifer sa malapit sakin at naka-hawak sa sintido nya.

"**Paglabas ng stepbrother mo, umalis na kayo.**" Mahinahong sabi nya sakin at akmang lalakad paalis.

Teka lang... Sayang ang pagkakataon.

"**Keifer!**" Tawag ko sa kanya at huminto sya. "**...M-may gusto lang akong malaman.**"

Humarap sya sakin at hinintay ang sasabihin ko. Diretso sa lang ang tingin nya dahilan para manlambot ang tuhod ko. Pinilit kong magpaka-tatag kahit gusto ko ng bumagsak.

"**What is it?**"

"G-gusto ko lang malaman..." Huminga ako ng malalim. **"...sa k-kabila ng ginawa mo. M-minahal mo ba ko?"**

Wala syang naging reaksyon sa ilang segundong titigan namin. Hangang sa bigla syang tumawa na para bang tuwa'ng-tuwa sya sa sinabi ko.

Nabaliw na!

Napakagat ako sa ibabang labi ko. Natatakot ako sa ginagawa nyang pagtawa pero mas natatakot ako sa magiging sagot nya.

"Sinundan mo ko para itanung yan?" Nakatawang tanung nya. **"...i can't believe this."**

Napapailing pa sya habang sinasabi yun. Gusto kong humakbang paalis dahil parang alam ko na ang sagot pero ayaw makisama ng tuhod at paa ko.

Shit naman! Kaunting pakikisama naman!

"Let me guest... Nag-expect ka na baka nagkaroon din ako ng feelings sayo habang nililoloko kita?"

Hindi ako makasagot, ayoko ng marinig ang sasabihin nya.

"What a damn!" Dagdag nya at tumawa ng malakas. **"...This is not a tv series or movie. Falling for you or realizing that i love you in the middle of my revenge will *never* happen."**

Tangina!

Ayoko ng marinig! Tama na! Please! Ayoko na, hindi ako handang marinig yun. Mali na nagpunta pa ko dito.

"Ganun pala ako kagaling umarte. Napaniwala kita!" Nakatawa pa rin sya.

Unti-unti syang naglakad palapit sakin. Ang nakatawang itsura nya ay parang tawa na ngayon ng impakto. Handang gumawa ng kahit na anung masama.

"**Para hindi kana umasa, hayaan mong linawin ko sayo.**" Huminto sya sa mismong harap ko. "**...I will *never* fall for you. You are just a stupid-little-shit for me just like your brother Aries.**"

Bumagsak na ang luhang pinipigilan ko. Mahigpit ang naging paghinga ko. Ayokong umiyak sa harap nya pero hindi ko mapigilan. Masyado akong naapektuhan ng mga sinasabi nya.

Utang na loob, maging perlas naman kayo!

Nag-smirk sya. "**Kung bumigay ka lang sana sakin nung New Year malamang maaga mong nalaman ang totoo. Kung ibinigay mo lang sana ang sarili mo non tapos ang plano.**" Nag-cross arm sya at tinignan ako mula ulo hangang paa. "**...Sayang nanalo sana ang kalahati ng Section E sa pustahan.**"

P-pustahan?!

Lumawak ang ngiti nya ng mapansin nyang wala akong alam sa sinasabi nya. Mas lalu syang lumapit sakin dahilan para mapa-atras ang isang paa ko.

"**Come to think of it... Hindi pa tapos ang pustahan.**" Bigla nalang nya kong niyakap sa bewang. "**...Bakit hindi natin ituloy ang naudlot nung New Year?**"

Ang isang kamay nya ay humawak ng mahigpit sa panga ko. Napapikit ako sa sakit. Pinilit kong itulak sya pero kinabig lang nya ang katawan ko palapit sa kanya.

"**B-bitiwan mo ko.**" Paki-usap ko pero tinitigan lang nya.

"**I know you want it.**" Sabi nya at marahas akong hinalikan.

Lalu akong napaiyak sa ginawa nya. Hindi ganito yun. Hindi ganito yung paghalik na ginawa nya sakin. Nasasaktan ako at parang ipinapamuka nya na kayang-kaya nya ko.

Nababastos ako sa ginagawa nya. Nawawalan na sya ng respeto sakin. Hindi ito yung Keifer na minahal ko. Yung kahit gago at malakas ang sapi, pinparamdam pa rin na mahal ako.

Nagkamali na naman ako!

Ayoko na! Hindi na ko aasa. Malinaw na sakin na hindi nya ko mahal na ginamit lang nya ko at mukang pinag-pustahan pa.

Hinugot ko na yung natitirang lakas ko at tinulak siya. Bahagya syang napalayo sakin pero kinuha ko ang pagkakataon na yon para suntukin sya. Sinadya kong patamaan sya sa panga.

Bumagsak sya! Kahit nanlalabo pa ang mata ko dahil sa luha lumapit ako sa kanya at sinundan ang suntok na yon. Nakapa-ibabaw ako sa kanya habang patuloy sa pagsuntok.

May ilang beses dumapo ang kamao ko sa muka nya, dumudugo na rin ang ilong at bibig nya pero wala pa ring humpay ang mga luha ko sa pagbagsak. Napatigil ako ng makita ko kung panu nya ko tignan.

Walang buhay....

Lalu akong napaiyak ng malakas. Sa muka nya bumagsak ang mga luha ko kaya naman humalo na yon sa dugo. Tinitigan ko ang mga mata nya, gusto kong makita nya na sobrang sakit ng ginawa nya. Kung pwede lang kainin na sya ng konsensya nya at hindi na patulugin sa gabi.

Napatingin ako gilid ng mata nya ng mapansin kong may tumulong luha don.

Imposible!

Agad akong umalis sa ibabaw nya. Tinignan ko sya ng masama habang unti-unti syang nauupo. Pinunasan nya ang muka nya na puno ng luha ko at dugo.

Luha ko yon, hindi sa kanya!

Hindi sya iiyak para sakin. Hindi nya gagawin yon! Nakita ko si Percy na palabas ng bahay. Agad akong naglakad paalis pero muli kong hinarap si Keifer bago tuluyang makalabas ng gate.

"Itaga mo sa bato, pati dyan sa noo mo at sa pwet ng aso!

Babalikan ka ng karma! Kingina mo!" Huminga ako ng malalim dahil sa basag na boses ko. "**...At kapag nangyari yon! Ako unang tatawa dyan mismo sa pagmumuka mo!**"

Mabilis akong tumakbo palabas ng gate nila. Narinig ko pa ang boses ni Percy na tinatawag ako pero mas pinili kong hindi pansinin yun. Tumakbo lang ako ng tumakbo. Hindi ko alam kung saan ako dadalin ng mga paa ko, basta makalayo ako sa kanya.

Pero kamalas-malasan nga naman. Natisod ako at muntik ng masubsob. Napahinto ako at napaupo dahil sa takot na naramdaman ko. Yun nga lang naging dahilan lang yun para kumawala ang sakit na nararamdaman ko kanina pa.

Para akong bata na nawalan ng laruan. Patuloy sa paghagulgol.

"**Aaaaaahhhhhh!!!**" Sigaw ko kasabay ng pagsuntok ko sa dibdib ko.

Sobrang sakit kasi!

Bakit ba kasi umasa pa ko?! Ang tanga-tanga ko talaga. Bakit ba nakahiligan ko ang pag-iyak?! Hindi naman ako iyakin. Pakiramdam ko sobrang hina ko at wala akong utak.

"**Jay...**" Tawag sakin ni Percy habang unti-unti syang nauupo sa harap ko. "**...andito na si Kuya. Tama na.**"

Sa halip na tumahan, mas lalo pa kong napaiyak ng malakas. Niyakap ko na rin sya ng mahigpit. Ayoko na talagang umiyak, napapagod na ko. Sawang-sawa na ang mata ko sa pagbagsak ng mga luha na hindi naman magiging perlas.

Eto na talaga ang huli!

Hindi na kita iiyakan, hinding-hindi na. Hindi ko na sasayangin ang oras ko sayo, Animal kang Hari ng mga Demunyung Ulupong.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 195

A/N: Sorry for the wrong grammar and spelling.

Serious na si Jay-jay dito. Promise!

Nasan na yung may mga galit kay Keifer? Hahahaha...

Old Jay-jay

Jay-jay's POV

Malakas ang music, sa sobrang lakas hindi ko na naririnig ang sinasabi ni Percy. Nakatingin lang ako sa kanya habang patuloy sya sa pagsasalita.

Talagang bang may sinasabi sya?! Parang bumubuka lang yung bibig nya.

"**ANO?**" Tanung ko sa kanya.

Nilapit nya ang muka nya sakin at nagsalita na naman pero hindi ko talaga sya marinig. Sinamaan ko sya ng tingin.

Buka lang ng buka yung bibig nya, wala namang boses! Hayop!

"**Gago ka! Sisipain kita!**" Banta ko sa kanya at tumawa naman sya ng malakas.

Buti pa yung pagtawa nya naririnig ko. Kung hindi ba naman kasi abnormal tong isa na to. Ang lakas nya mantrip ng kapwa.

"**WOOOOOHHHHH!!**" Malakas na sigaw ng mga tao ng mag-isa ang music.

Nasa Kingsground kami ngayon. Sa disco na part hindi sa underground. Si Percy ang nagdala sakin dito, sabi nya maganda daw maglabas ng sama ng loob dito.

Napatingin kami sa palapit na lalaking naka-itim. Ang laki ng

katawan nya at may suot na gold chain necklase.

Bouncer!

"**Pinapatawag kayo sa taas!**" Sabi nya at tinuro ang opisina ni Tiger.

Nagtinginan muna kami ni Percy bago sumunod sa kanya papunta dun sa opisina ni *PPAP*. Kagaya dati hagdan ang tanging daan papunta sa opisina nya. Pagpasok namin sa loob, nakatayo si Tiger sa tabi ng malaking bintanang salamin kung saan kita ang mga tao sa baba.

Hindi kagaya sa baba na malakas ang music, dito walang kahit na anung ingay.

"**Boss.**" Sabi nung bouncer at humarap samin si Tiger.

Anak nang tipaklong!

Ayos talaga pumorma ang isang to. Naka-short lang sya na may design pa ng araw at payong. Naka-tsinelas na beachwalk at sandong kupas sa kulay. May suot din syang buleg na sumbrero.

Summer na summer ang get up!

"**Jay-jay!**" Bati nya sakin at akmang yayakapin ako.

Agad akong lumayo ng makita ko ang mala-gubat nyang kili-kili dahil sa tayog at haba ng buhok. *Putik!* Bawasan man lang sana. Nakakadiri na ang dating sakin.

"**Bakit? Wag kang mag-alala, mabango ako kahit hindi ako naliligo.**" Sabi nya at tumawa.

Kadiri talaga!

"**Wala kang pinag-bago Tiger.**" Singit ni Percy kaya sa kanya lumipat ang atensyon nito.

"**Isa ka dun sa alaga ni Angelo dati…**" Sabi nya at ngumiti.
"**…Anu nga ulit pangalan mo?**"

Napakamot ako sa ulo. Hindi talaga sya matandain sa pangalan. Kahit noon, inabot din sya ng syam-syam bago maalala pangalan nila Aries.

"**Percy.**" Inis na sagot nya.

"**Ahh tama... Perting!**" Sabi ni Tiger at tumawa.

"**Percy.**" Ulit nya pero tinawanan pa rin sya ni Tiger.

Aning talaga!

Napatingin ako sa malaking salamin. Muka kasing sobrang saya ng nga tao sa dance floor. Nakikisabay sila sa malakas na music at patuloy sa pagsayaw na parang walang kapaguran.

Buti pa sila.... Buti pa sila kayang magsaya ng ganyan. Na-iinggit ako, gusto ko ring maging masaya kagaya nila. Gusto ko ring maging masaya ng walang kahit anung problema.

Buhay na buhay ang lahat. May sumasayaw sa stage. May naghahalikan sa sulok at meron kung makapag-sayaw parang walang ibang tao.

Sana kaya ko ding maging masaya kagaya nila.

Dahil sa nga nangyari sakin, hindi ko alam kung kaya ko ngang maging masaya kagaya nila. Pakiramdam ko kinakain na ko ngayon ng kalungkutan, sakit at galit.

Niloko ako ng mga taong tinuring kong pamilya. Nagsinungaling sakin ang mga tao sa bahay at higit sa lahat ginamit ako ng taong akala ko mahal ako.

Hindi ko alam kung kaya ko pa ring maging masaya sa kabila ng mga nangyari.

"**....Buti pa magkwentuhan muna tayo.**" Sabi ni Tiger kaya napatingin ako sa kanila. "**...Ilabas ang pinaka-mahal na alak.**" Utos nya dun sa bouncer.

Sumunod naman ito agad. Nilapitan nito ang isang kabinet at

binuksan yon. May vault pala ito sa loob. May kung anu-anu syang pinindot at bumungad ang isang bote na walang kahit anong label.

Alak ba yun?

Wala akong balak na maupo dito at panoorin sila. Nakakainip kaya! Naglakad ako palapit kay Percy.

"**Pwede ba ko don sa baba?**" Tanung ko habang tinitignan ni Percy yung bote.

"**Pwede naman... Hindi ka nga lang pwedeng uminom.**" Sagot ni Percy.

Eh anu yon! Aanu ako don?!

"**Anung hindi?!**" Inis na tanung ni Tiger. "**...Hayaan mo syang mag-inom. Libre ang alak para sayo!**"

Gusto kong pumapakpak sa sobrang saya. Anak ng tokwa! Minsan lang makatisod ng libre sa alak pa talaga.

It's my lucky day!

Meron syang sinenyas dun sa bouncer at agad itong lumabas. Iniwanan ko yung gamit ko sa tabi ni Percy. Naglakad na ko palabas at agad akong dumiretso sa bar area.

Sa dami ng tao, halos abutin ako ng syam-syam bago makarating sa destinasyon ko. Bunggo dito, bunggo doon, meron pang tulak ng tulak. Ang sakit tuloy ng braso ko.

Paglapit sa bar, naupo ako sa isang stool. Tinaasan ako ng kilay ng bartender habang nakatingin sa suot ko. Naka-uniform pa nga pala kasi ako.

"**Costume.**" Sabi ko sa bartender.

Nag-nod lang sya kahit obvious naman na hindi sya naniniwala. Nakita ko yung bouncer ni Tiger at meron syang binulong sa bartender.

Tinignan pa nya ko bago mag-nod at bumalik sa ginagawa. Hindi ko tuloy alam kung hihingi ba ko ng alak. Baka kasi hindi nya ko pagbigyan dahil sa uniform ko.

"**FVCKING SHIT!**" Malakas na sigaw ng isang lalaki sa hindi kalayuan sakin. "**...WAG KA NG MAGPAKIPOT!**"

"**DON'T FVCKING TOUCH ME!**" Sigaw naman ng isang babae.

Wala akong balak tignan kung sino sila. Ayokong maki-alam sa gulo. Ayoko ng makisawsaw sa problema ng iba tapos bandang huli ako din pala ang masasaktan.

Ayoko na!

"**Anung gusto mong inumin?**" Tanung nung bartender.

Wala akong alam na alak. San Miguel Beer lang ako pero mukang wala sila non dito. Mamahalin din ang mga alak nila at hindi ko pa mga kilala.

"**Y-yung binibigay nyo sa taong broken hearted?**" Patanong kong sagot.

Napailing ang bartender habang nakangiti dahil sa sinabi ko. Malay ko ba kung anu binibigay nila sa mga customer nila. Wala nga kasi akong alam dito lalu na sa mga alak nila pati na rin sa dapat inumin.

Meron syang nilabas na shot glass at sinalinan yun ng alak. Nilapit nya yun sakin habang naka-ngiti pa rin.

Eto na yon? Sa liit nito, anung epekto nito sa katawan?

Tinignan ko yung ibang customer na ganun din ang basong hawak. Mabilis ang pagtungga nila sa bawat baso. Ginaya ko ang paraan nila ng paghawak at ginawa din ang mabilis na pagtungga.

Putana! Ugh!

Diretsong lunok at para akong uminom ng apoy. Gumuguhit sa lalamunan at sa dibdib. Napapikit ako dahil sa pangit ng lasa.

Kingina!

Malakas na pagtawa ng isang babae ang narinig ko. Agad ko namang tinignan yun na nasa tabi ko lang.

"**First timer?**" Tanung nya sakin.

Hindi ko sya pinansin. Binaba ko ang shot glass sa harap ko at agad namang sinalinan ng bartender yun. Ready na sana akong tunggain ulit yun pero natigilan ako dahil ulit sa babaeng pinagtatawanan ako.

Nasa tabi ko pa rin kasi sya at titig na titig sakin. Nag-uumpisa na kong mairita sa kanya. Tinignan ko muna sya ng may halong inis baka sakaling makaramdam sya at umalis.

Susuntukin kita!

"**What?**" Inosenteng tanung nya. "**...keep drinking, don't mind me.**"

Ginawa ko ang sinabi nya. Tinungga ko ng mabilis ang shot glass at ganun na naman ang naramdaman ko. Parang sinusunog ang lalamunan ko sa init ng alak sa loob ko.

Pagkababa ng shot glass napatingin ako sa babaeng nasa tabi ko. Nakatingin pa rin sya habang naka-ngiti. Mukang wala talaga syang balak umalis sa tabi ko.

"**May kailangan ka ba?**" Medyo inis na tanung ko.

Bahagya syang tumawa. "**Nakakatuwa ka kasing panooring mag-inom.**"

Eh?

Napataas ang isang kilay ko. Ang lakas yata ng tama nito sa utak. Siguro lasing na sya at ako ang naisipan nyang pagtripan. Bubuka pa lang sana ang bibig ko para paalisin sya pero isang lalaki ang umakbay sa kanya.

Agad syang pumalag at tinulak ng malakas yung lalaki. "**What the**

fvck?!"

"**Nagpapakipot na naman sya, Bro!**" Sabi nung isang lalaki na kasama yata nung umakbay dito sa katabi ko.

"**Pwede?! Layuan nyo na ko!**" Inis na sabi ng katabi ko.

Tumawa lang naman yung lalaking umakbay sa kanya. Sandali pa silang nag-uusap at parang binabastos na nila tong katabi ko. Naiinis ako sa kanila dahil na-iistorbo ang pag-iinom ko.

Muli kong hinarap yung bartender at nang-hingi ulit nung binibigay nya sakin. Akmang tutunggain ko na yon ng may kamay na umakbay sakin.

Shutanginames!

Mabilis kong inalis yung kamay na halos umabot na sa dibdib ko. Umikot ako para tignan ng masama yung hayop na gumawa non. Yung lalaking umakbay sa katabi ko ang kaharap ko ngayon at malawak na naka-ngiti.

"**Palaban din...**" Sabi nung lalaking nasa likod nya at nakikitawa.

Tinignan ko yung babaeng katabi ko. Mangiyak-ngiyak na sya habang pilit pinapalayo yung mga lalaking nambabastos sa kanya.

"**Shit! Your a highschool student?**" Tanung ng lalaking kaharap ko.

Ay hindi... elementary!

"**Taga-HVIS.**" Sabi nung isang lalaki. "**...balita ko pakawala daw mga student ng school na yan.**"

Nagsalubong ang kilay ko sa sinabi nila. *Pakawala?!* Anung ibig nilang sabihin don? Malawak ang naging ngiti nila. Anim sila na kanina lang ay binabastos tong katabi ko ngayon naman ay ako.

"**Wag nyo na nga kaming guluhin! Umalis na kayo!**" Pagtataboy nitong katabi ko.

"**Shut up Savannah!**" Sabi nung lalaking kaharap ko at tinignan ako. "**Are you alone? Gusto mo bang samahan ka namin?**"

Ayoko talagang makipag-away. Wala akong gana. Bagsak pa ang katawan ko sa mga problema pero yung mga ganitong pagkakataon hindi talaga maiiwasan.

Badtrip!

"**Talaga?**" Inosenteng tanong ko. "**...sasamahan nyo ko?**"

Kanya-kanya ng ngiti ang mga luko at nag-high five pa yung iba. Akala siguro nila isa ako dun sa mga pakawalang HVIS.

"**Oo naman. Kahit saan mo gusto.**" Nakangiting sabi nitong kaharap ko.

Ngumiti din ako sa kanya at hinawakan ang shot glass sa isang kamay ko. "**Kahit sa langit?**"

Nagtawanan sila at sandaling nagtinginan bago ako sagutin. "**Why not? If that's what you want.**"

Manyakis! Mga lalaki talaga...

Ngumiti ulit ako sa kanya at hinanda na ang kamay ko. "**Bakit hindi ka mauna?**"

Ma-tegi-boom kana! Kinginamos!

Bago pa sya makasagot binuhos ko sa kanya ang laman ng shot glass. Sakto naman sa muka nya kaya naka-kuha ako ng pagkakataon para sipain sya sa dibdib.

"**Shit!**" Sigaw nila.

Agad kaming pinag-tinginan ng mga taong malapit samin. Yung iba naman ay walang paki-alam at patuloy pa rin sa ginagawa.

Sayaw lang!

"**O.M.G.**" Sabi ni Savannah na nasa tabi ko pa rin. "**...that was**

freaking awesome."

"**Gago ka!**" Sigaw nung isa at akmang susugurin ako pero hinawakan na sya ng bouncer.

"**Bawal mang-gulo dito!**" Sigaw nung bouncer at dinampot sila isa-isa.

Bumalik na ang mga tao sa ginagawa nila kaya bumalik na din ako sa kina-uupuan ko. Tinignan ko yung shot glass sa kamay ko. Nasayang yung laman.

"**Ang astig nung ginawa mo!**" Kinikilig na sabi nung Savannah.

Andito pa pala sya?!

"**...thank you for saving me. Ako nga pala si Savannah Shane.**" Pakilala nya at iniabot ang kamay sakin.

Wala sana akong balak pansinin sya pero itsura pa lang nya halatang kukulitin na ko. Inabot ko ang kamay ko sa kanya.

"**Jay-jay.**" Walang buhay na sagot ko.

Hihingi na sana ako ulit nung iniinom ko, kayalang istorbo talaga tong babae na to sa tabi ko. Nagsimula na syang magsalita ng kung anu-anu tungkol don sa mga lalaking nambastos samin.

"**...ang kulit-kulit talaga ng mga yun... Anyways, thank you again for saving me.**"

"**I didn't save you.**" Sabi ko na nagpatigil sa kanya. "**...pina-alis ko lang yung mga luko na yon dahil istorbo sila.**"

Nag-kibit balikat lang sya at dumaldal na naman. Hindi ako sumasagot at tinitigan lang yung shot glass. Wala pang epekto sakin yung alak kaya hangang ngayon lutang pa rin ako. Mabigat pa rin ang loob ko sa mga nangyari.

Durog pa rin ang puso ko!

"**Bakit tahimik ka?**" Tanung ni Savannah sa mismong muka ko.

Oo! Katapat mismo ng muka ko. Bahagya akong lumayo dahil sa pagka-ilang. Nag-uumpisa na kong ma-wirduhan sa kanya.

"**W-wala. Gusto ko pa kasing uminom kayalang busy yung bartender.**" Sagot ko.

Bahagya syang tumawa at sinilip na pilit yung bartender. Busy naman talaga sya, busy sa pakikipag-landian sa ibang customer.

"**Can i ask you something?**" Tanung nya habang nakangiti sakin.

"**Your already asking.**"

Tumawa na naman sya. "**What is your problem?**" Taka akong napatingin sa kanya. "**...Well, obviously hindi ka iinom ng ganyan kung wala kang problema.**"

Obviously?! Ang kulit mo.

"**Wala kana don.**" Halos pabulong kong sabi pero mukang narinig din nya.

"**It's okay, you can tell me. Friends na tayo----.**"

Whut?!

Agad kong pinutol ang sasabihin nya. "**Friends? Kelan pa?**"

Tumawa ulit sya. "**Kanina lang.**"

Nag-uumpisa na kong mainis sa kanya. Para bang hindi sya makahalata na ayaw ko ng kausap at mas gusto kong mag-inom.

Anu ba, Ateng?!

"**...Kaya sabihin mo na sakin ang problema mo. School? Family? Or lovelife?**"

Napaiwas ako ng tingin sa huling salitang binitawan nya. Bad word kasi yun, masama sa kalusugan. Tumawa na naman sya at may pa-hampas-hampas pa sakin.

Konti pa! Susuntukin na kita!

"**Broken hearted ka no?**" Sabi nya na parang inaakusahan ako.

Handa na sana akong sagutin sya at paalisin pero bigla nyang inagaw sakin yung shot glass at kinawayan yung Bartender.

"**...Mali ang iniinom mo.**" Dagdag pa nya.

Paglapit ng Bartender meron agad syang binulong. Halata ang pagtanggi sa itsura nung lalaking Bartender. Tumingin pa muna sakin ito bago ibalik ang tingin kay Savannah.

May ilang sandali pa sila nag-usap bago kumilos ang Bartender. Meron syang alak na kinuha at inilagay sa baso. Dinagdagan nya pa yun ng kung anu-anu at inalog.

Mukang tinitimplahan na nila ko ng lason.

Matapos paghalu-haluin ang mga kailangan, sinalin nya sa shot glass yung laman at binaba sa harapan ko. Taka kong tinignan yung Bartender at si Savannah na naka-ngiti lang naman sakin.

"**Anu to?**" Medyo inis na tanung ko.

"**Yan ang '*Broken Hearted Medicine*'. Ako mismo ang naka-discover nyan.**" Pagyayabang nya. "**...at hindi ka malalasing dyan, don't worry.**"

Tinuro ko yung shot glass. "**Anung saysay nito kung hindi pala nakaka-lasing?**"

Tumawa na naman sya. "**Just try it!**"

Para lang matahimik na tong babae na to. Huli na to at babalikan ko na si Percy para ayain sa ibang lugar. Sumasakit na kasi talaga ang ulo ko sa taong to.

Mabilis kong ininom yung laman. Napapikit ang isang mata ko dahil sa lasa. Maasim na, mapaet at parang mint. Pero hindi kagaya kanina, hindi gumuguhit sa lalamunan ang isang to.

"**Okay, nainom ko-----.**"

What the.... Fudgie barr!

Hindi ko na naituloy ang sasabihin ko. Unti-unti kasing nag-slow motion ang paligid. Literal na nag-slow mo!

Pinikit ko ang mata ko at pinisil ang sintido ko. Sumasakit ang ulo ko, hindi ko alam kung epekto na ba nung alak to.

"**Savannah! Anu ba tong pina-inom mo?**" Tanung ko.

Hindi sya sumagot kaya naman dinilat ko ang mata ko. Parang may kung anong dumaloy sa katawan ko. Nagising ang diwa ko at parang ang lakas-lakas ko.

Shit lang!

Dinaig ko pa uminom ng sampung kape. Ang bilis din ng tibok ng puso ko. Tinignan ko yung paligid at parang gumanda lahat sa paningin ko. Ang lakas-lakas din ng music at parang nakaka-enganyong sumayaw.

"**Anung feeling?**" Naka-ngiting tanung ni Savannah.

Napangiti din ako ng hindi ko namamalayan. "**Shit! Nakaka-gising! Hahahaha...**"

Kahit walang nakaka-tuwa parang ang saya-saya ko. Pati sya humingi din ng inumin na kagaya ng binigay sakin. Ininom nya yon at bigla nalang tumayo.

"**Let's enjoy this night!**" Sigaw nya.

Hinawakan nya ang kamay ko para hatakin papunta sa gitna ng mga nag-sasayaw. Paghinto namin, lalung lumakas ang tugtog. Napangiti ako ng makita ko ang mga taong sige lang sa pag-sayaw.

Gusto ko din non!

Kahit hindi ko alam kung anung step ng sayaw ang gagawin, sumayaw pa rin ako. Tinaas ko ang dalawang kamay ko at sige lang sa pag-galaw.

"**Wooooohhhhhh!!!**" Malakas na sigaw ko. "**...Party animal!**"

Narinig kong tumawa yung ibang malapit sakin. Patuloy kami sa pag-sayaw at ganun din si Savannah. Buhay na buhay ang dugo ko at parang wala ng katapusan ang pagsasayaw namin.

Sige! Sige! Sumayaw!

Kung ganito lagi ang mararamdaman ko parang ang sarap mabuhay. Walang kahit na anung problema----*may problema ba ko?!* Walang kahit na anung tinatakasan----*may tinatakasan ba ko?!* At nawala ang dahilan ko kung bakit ako nag-iinom----*bakit nga pala ako nag-iinom?!*

Bakit parang may nakakalimutan ako?! Hahahahaha...

"**Savannah!**" Tawag ko sa kasama kong patuloy sa pag-indak. "**...may nakakalimutan ba ko?!**"

Nag-nod sya. "**Nakalimutan mong maghanap ng ka-date!**"

Ka-date?! Yun ba?! Madali lang yan!

Tinignan ko ang paligid. Maghahanap lang ako ng pwedeng hatakin. Isang lalaki ang umagaw ng pansin ko. Gwapo at mukang seryosong seryoso habang nakatingin....sakin?

Target acquired!

Nakatayo sya sa gitna ng maraming tao. Hindi sya sumasayaw. Nakatayo lang at titig na titig sakin. Napa-kagat ako sa ibabang labi ko.

Lalakad na sana ako palapit sa kanya pero bigla nalang umakbay si Savannah sakin. Mukang nakita din nya ang tinitignan ko.

"**Chickboy yan.**" Bulong nya at tumawa. "**...Keifer ang pangalan.**"

Putcha!

Biglang nag-flashback sakin lahat. Yung dahilan kung bakit ako andito. Yung sugat na pilit kong ginagamot. Yung mga salitang

binitawan nya. Yung sakit na nararamdaman ko. Kailangan mawala ulit to!

Gusto ko ulit non! Gusto ko nung ininom ko kanina!

Pinilit kong bumalik at hanapin yung Bartender kanina. Medyo nabigla pa sya ng makita ang itsura ko.

"**I-isa pa non! Please!**" Paki-usap ko.

Umiling sya sakin. "**One per person lang! Masama ang epekto non sa katawan!**"

Para akong maiiyak na hindi ko maintindihan. Kailangan ko non, gusto non.

"**Sige na... Please!**"

"**Miss! Hindi talaga----.**"

"**Bigay mo na Kuya!**" Singit ni Savannah na sumunod pala sakin.

Malalim ang naging buntong hininga ng bartender. Kumuha ulit sya ng kaparehong alak at pinag-halo-halo. Pagbaba sa harap ko agad kong ininom yun.

Shit! Eto na naman!

"**Tara na!**" Aya sakin ni Savannah.

Bumalik kami sa gitna at nagpatuloy sa pag-sayaw. Kakaiba ang pakiramdam ko kesa kanina. Mas gising ang diwa ko. Mas mabilis din ang tibok ng puso ko.

Pakiramdam ko nag-iisa lang ako kahit ang daming tao. Parang ako lang ang nagsasayaw kahit ang daming tumatama'ng siko sakin. Ang init ng pakiramdam ko kahit malalig ang hangin na dumadapo sakin.

"**WOOOOOHHHH!!!**" Sigaw ko. "**...Disco! Disco! Good! Good!**"

Tawa ng tawa si Savannah sa tabi ko habang patuloy kami sa pag-

sayaw. Pati ako napatawa na rin ng walang dahilan. Muka kaming baliw dahil sa pagtawa namin pero masaya lang talaga kami.

Walang humpay na kasiyahan!

Napatingin ako sa isang lalaking palapit samin. Nakatingin sya sakin habang naka-ngiti. Kulay blue ang mata nya na nag-spark kapag tinatamaan ng ilaw.

"**Hi!**" Bati ko sa kanya pag-lapit nya sakin.

"**You look so happy!**" Sabi nya.

"**I'm just enjoying the night!**" Sagot ko at sumayaw sa harap nya.

"**Really?!**"

Medyo sarcastic ang dating sakin ng pagkakasalita nya pero ngumiti lang ako at nag-nod.

Biglang nawala yung ngiti nya at sumeryoso sya. "**Enjoy! Enjoy! Tara na! Iuwi na kita!**" Inis na sabi nya.

Lah! Baliw ata si Koya! Biglang nagbago ang mood!

"**Bakit ako sasama sayo?! Hindi naman kita kilala!**" Sagot ko.

Bigla nalang nya kong binatukan. Napahawak ako sa batok ko dahil sa lakas ng ginawa nya. Nahilo yata ako!

"**Yan! Naalala mo na?!**" Inis na tanung nya.

Naiiyak ako sa sakit ng pagkakabatok nya sakin. Feeling ko mawawalan ako ng malay. Tinignan ko sya ng masama at ng madaanan ng ilaw ang muka nya, naalala ko na!

"**P-percy?!**"

"**Effective ang batok ko!**" Pagyayabang nya. "**...Tara na!**"

"**Ayoko pa!**"

"**Uuwi ka o uuwi ka?!**"

Kainis naman! Bwisit naman to! Nag-e-enjoy pa ko!

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 196

A/N: Sorry sa wrong grammar and spelling.

Para sa mga **Team David**, i'm shorey. Hehehehe... 🙈🙈🙈

Keifer's plan

Jay-jay's POV

Aaaarrrrgggghhhhh!!!!

Sobrang sakit ng ulo ko! Hindi naman ako naglasing kagabi pero daig pa ng Hangover yung nararamdaman ko. Hinampas ko ang ulo ko sa pagbabaka-sakaling matabunan non yung sakit na nararamdaman ko.

Pero walang talab. Namamalipit na ko sa higaan. *Tang'na!* Kung eto pala ang kapalit ng inumin na yon, hindi'ng hindi na ko iinom non.

Ang sakit talaga!

Narinig ko ang pagkatok sa pinto ng kwarto ko.

"**Jay...**" Boses ni Tita Gema. "**...Bangon na. Tatanghaliin ka sa school.**"

"**S-sige po!**" Sagot ko.

Pinilit kong bumangon kahit halos dumikit na yung ulo ko sa unan ng kama. Naglakad ako papunta sa banyo at dun ko naramdaman ang bigat ng katawan ko.

Para akong pagod na pagod at magkakasakit. Napaupo ako sa kama habang hinihilot ang ulo ko.

Kingina!

Meron akong bigla naalala. Kagabi habang nagsasayaw ako. Parang nakita ko sya, parang nakita ko yung Hari ng mga Dimunyung

Ulupong. Nakatayo sa gitna ng mga nagsasayaw at titig na titig sakin.

Imposible! Epekto lang siguro nung ininom ko yun. Anu namang gagawin nya dun sa Kingsground? Hindi naman sya Party Animal.

Pinilit kong makakilos ng maayos. Dumiretso ako sa banyo at naligo. Baka sakaling mahimasmasan ako at mawala ang sakit na nararamdaman ko. Matagal din akong nagbabad dahil sa bagal ng kilos ko.

Matapos maligo at mag-ayos, lumabas na ko. Si Tita Gema ang una kong nakita na nasa Sala.

"**Papasok ka na?**" Tanung nya.

Hindi po. Pauwi po ako. Pauwi!

"**Baka po kasi malate ako.**" Palusot ko.

Nag-nod sya habang nakangiti. "**Ingat ka.**"

Hindi na ko sumagot at naglakad na palabas ng bahay. Kita ko sa mga mata ni Tita ang pag-aalala sakin. Hindi ko sya masisisi, lumayo na kasi ang loob ko sa kanila matapos ang nangyari.

Umalis na din pala si Lola sa bahay. Hindi na daw sya nag-paalam sakin dahil wala pa ko nung ihatid sya nila Kuya. Nakakalungkot na umalis sya ng hindi pa kami nag-uusap tungkol sa pagsampal nya sakin.

Lagi syang may paliwanag sakin tuwing nasasaktan nya ko. Gusto ko pa ring marinig yun sa kabila ng nangyari. Ayokong magkaroon ng sama ng loob sa kanya.

Dumaan muna ko sa butika para bumili ng gamot. Masakit pa rin kasi ang ulo ko.

"**Pain killer po.**" Sabi ko sa tindera. "**...yung sa ulo.**"

Nag-nod sya habang nakangiti. Sandali nyang kinuha yung hiningi ko. Habang naghihitay napatingin ako dun sa magka-sintahan na

patuloy sa pag-uusap habang nagbabayad ng binili.

Tsk! Hindi rin kayo magtatagal! Nilolоko ka lang nyan ate!

Bumalik yung tindera dala yung binibili ko. "**17.50 po.**"

"**Meron pa pala...**" Sabi ko.

"**Anu po yun?**"

"**Gamot sa durog na puso meron kayo?**" Seryosong tanung ko.

Halata ang pagtataka at pagkailang sa kanya. "**W-wala po.**"

"**Gamot sa broken hearted?**"

"**Wala din po.**"

"**Gamot sa taong malapit ng mabaliw dahil sa sakit, meron kayo?**"

Bahagya syang natawa habang umiiling.

Tinawanan ako, gago ata!

Naglabas ako ng pera at inabot sa kanya. Walang saysay na butika! Kaya nga butika kasi bilihan ng gamot tapos wala silang gamot na hinahanap ko. MAGSARA NA KAYO!

Matapos makuha yung binili at sukli ko. Dumiretso ako sa Mini Mart. Bumili ako ng tubig at pagkain. Hindi pa kasi ako nag-aalmusal.

Habang kumakain, may naupo sa bangkong kaharap ko. Todo smile pa ang Gago habang naka-ngiti sakin.

"**Ang tindi ng sibangot mo!**" Bati ni Percy sakin. "**...Buti nalang gwapo ako!**"

Anung connect?!

Ayos din sa kakapalan ng muka ang isang to. Parang habang tumatagal lalung lumalala. Dapat yata ipatingin ko na sya sa doctor

baka maging baliw----ay hindi! Baliw na nga pala talaga sya.

"**Ready kana?**" Tanung nya sakin.

"**Saan?**"

"**Sabi na nga ba hindi ka nakikinig kagabi! Sabi ko sayo papasyal tayo!**" Medyo inis na sabi nya.

Wala akong maalala na may sinabi syang ganun!

"**S-saan naman tayo pupunta?**"

Inis syang nagkamot ng ulo. "**Amusement park!**"

Parang ayoko. Meron lang kasi akong maalala sa lugar na yun. Mas gusto kong magpunta sa ibang lugar.

"**M-may pasok ako.**" Kuwaring palusot ko.

"**Kuwari ka pa, hindi ka naman nag-aaral.**" Diretsong sabi nya na nagpa-inis sakin.

Gagong to! Aga-aga, gagalitin ako!

"**Nalaman mo?!**" Inis na tanung ko.

"**Syempre. Ako pa!**" Sagot nya at kumindat.

Malamang dahil kay David. Sira-ulong yun! Bakit pati yun kailangan nyang ireport? Kaka-asar! Feeling ko tuloy lahat ng kilos ko bantay sarado.

Inirapan ko nalang sya at pinagpatuloy ang pagkain. Pagkatapos uminom ng gamot nagpahinga muna ako sandali. Baka kasi lalung sumakit ang ulo ko dahil sa kabaliwan nitong isa.

Mabaliw din ako kagaya nya!

Nakapanga-lumababa ako habang nakatingin sa labas. Nakaka-bore ang mga ganitong araw. Kasi hindi naman ako pumapasok. Wag lang talaga kaming magpang-abot ni Kuya Angelo, tepok lamok ako dun.

Alam ko namang nakakarating sa kanya yung mga ginagawa ko sa school. Lalu na yung hindi pagpasok sa klase. Maswerte lang talaga ako dahil hindi ko pa sya nakaka-harap.

"**Andito na sya.**" Sabi ni Percy kaya napatingin ako sa kanya.

The who?! The who?!

"**Sino?**"

Bago pa nya masagot ang tanong ko, tumunog ang bell sa pinto ng Mini Mart----Indikasyon na may pumasok o lumabas. Lumipat ang tingin ko don at unti-unting pumasok ang isa sa sinisisi ko sa mga nangyaring problema sakin.

David, na may sosyaling instinct!

"**Anung ginagawa mo dito?!**" Galit na tanung ko paglapit nya.

Napayuko sya at agad na nag-iwas ng tingin. Pero aaminin ko, nakahinga ako kaunti. Akala ko kasi si Kuya Angelo, buset kasi tong Percy na to----sinasabayan yung iniisip ko.

"**Relax... Masyado kang hot.**" Sabi ni Percy at tumayo. Tinapik nya sa braso si David at tinanguan.

Naupo si David sa harap ko pero nanatiling masama ang tingin ko sa kanya.

Damhin mo! Dabid, damhin mo!

Kung pwedeng lang talaga magpakabit ng laser sa mata----matagal na kong meron. Kulang yung salitang galit para sabihin ang nararamdaman ko.

"**Jay-jay.**" Tawag nya sakin. "**...I want to apologize----.**"

Hindi ko na pinatapos ang sasabihin nya. Agad akong tumayo para iwan sya pero mabilis ang kamay nyang humawak sakin para pigilan ako.

"**Please Jay... Listen to me first.**" Paki-usap nya.

Ayokong makinig. Panibagong kasinungalingan lang ang sasabihin nya. Hindi na ko maniniwala!

"Tapos ano?! Gagamitin mo yung pagkakataon para lokohin na naman ako?!" Galit na sabi ko.

"Wala akong dahilan para gawin yun." Mahinahong sabi nya.

Natigilan ako. May punto sya don, wala na nga naman syang dahilan. Unless gusto nyang makuha ang kapatawaran ko.

Sinubukan kong bawiin ang braso kong hinawakan nya para pigilan nya. Kayalang hinigpitan pa nya ang hawak sakin.

"Bitaw. Sisigaw ako." Banta ko.

Tinignan ko yung paligid at kung tutuusin kami lang ang tao dito maliban dun sa dalawang crew ng Mini Mart kaya kung sisigaw ako----wala ring saysay!

"Look... I'm sorry. I'm sorry if i kiss you."

Shutanginames!

Para akong sinampal sa sinabi nya. Bakit kailangan nya pang-ipa-alala yun? Isa yun sa dahilan, isa yun sa dahilan ng sakit na nararamdaman ko.

Bumalik ako sa kina-uupuan ko kanina sa harap ni David. Malungkot ang mga mata nya habang nakatingin sakin.

"I'm sorry for everything. For lying to you and for kissing you." Panimula nya. **"...I know you wont accept it, but i'm willing to take a chance."**

May mga tanung na namumuo sa isip ko simula ng gabing yun. Kaharap ko na ang pagkakataon at gusto kong masagot yon. Kagaya nga ng sabi nya, willing syang mag-take ng chance, kaya alam kong willing din syang sagutin ang mga tanong ko.

Huminga ako ng malalim para alisin muna ang ibang gumugulo sa isip ko. Tinignan ko sya ulit direkta sa mga mata at nagtanong.

"Bakit mo ko hinalikan?"

+ +
+

David's POV

Bakit nga ba David?!

Why did i kiss her that night? Maybe because of her eyes that keeps crying. Maybe because of her lips that she keeps biting. Maybe because i take advantage of the situation.

Maybe because i want her.

Puno ng panunumbat ang mga tingin nya sakin ngayon. Para bang sinisisi nya ko sa nangyari ng gabing yun. Pero kung tutuusin ako talaga dapat ang sisihin.

Hindi ako makasagot. Hindi ko alam kung panu ipapaliwanag sa kanya.

"**May gusto ka ba sakin?**" Sunod na tanung nya.

Yes, I do!

I wanted to shout that out, but i won't because i can't. Sandali akong tumingin sa ibang direksyon bago sya muling harapin.

"**I don't.**" Sagot ko habang nakatingin sa mga mata nya. "**...Wala akong gusto sayo.**"

"**Eh bakit mo ko hinalikan?!**" Galit na tanung nya.

Because I fvcking like you and i'm starting to fall for you.

"Kailangan kong sagarin si Keifer para lumabas ang totoo. Kissing you is what i----."

"**Hindi ko maintindihan.**" Putol nya sa sasabihin ko. "**...Niloko lang ako ni Keifer, hindi nya ko mahal. Kaya panu sya nasagad sa galit dahil sa ginawa mo?!**"

If you only knew.

Nag-kibit balikat ako sa sinabi nya. "**But it makes him angry.**"

Sandali syang tumahimik at parang nag-isip. Galit na galit si Keifer ng gabing yun. Kulang nalang patayin nya ko dahil sa ginawa ko. Ganun din ang galit nya kay Kit ng nalaman nya ang totoo. Muntik pang ma-coma dahil matagal bago nagising.

"**I'm really sorry Jay. Hindi talaga kami sumali sa plano na yan because we don't know you that time. But we keep everything as a secret and hide it from you.**" Paliwanag ko.

I still remember the day that i came back. Matapos ang naging gulo sa pagitan ni Jay-jay at Freya, bumalik na ko sa regular class non.

*****Flashback...******

"**Sino?**" I ask.

"**Si Jay-jay.**" Sagot ni Drew. "**...May pustahan kami. Gusto mo sumali?**"

That girl.

I don't think that this is a good idea. Specially that Jay-jay helps me. I did save her from the bucket of mad and worms but i still owe her a lot.

"**I'm not interested.**" Sagot ko at dumokdok para sana matulog but someone poke me. "**...what?**"

"**A-anu k-kasi...**" Nauutal na sabi ni Ci-N habang pinagtatagpo ang dalawanag hintuturo. "**...m-may tatanung s-sana ako.**"

Dumiretso ako ng upo at nag-cross arm habang tinignan sya. He has this childish mannerism again.

"**Payag ka ba dun sa plan nilang saktan si Jay-jay?**" Halos pabulong nyang tanong.

Alam kong ayaw nyang marinig ng iba ang sasabihin nya. Tumayo

ako at binitbit sya sa kwelyo sa batok. I'm taller that him, so it's easy for me to carry him like a puppy.

Dinala ko sya sa gilid ng room sa ilalim ng puno. Mahihirapan kaming mag-usap don kaya dito ko sya dinala.

"**A-aray naman!**" Reklamo nya. "**...Anung gagawin natin dito?**"

"**Mag-uusap.**" Diretsong sagot ko. "**...Hindi ako payag sa plano nila. But i can't do anything about it.**"

"**Kasi... Naaawa ako kay Jay-jay.**" Sabi nya habang naka-pout.

"**Wala tayong choice. Sinapian na naman kasi ng Demonyo si Keifer kaya wala tayong kontra sa gusto nya.**"

"**Anung gagawin natin?**"

Taka ko syang tinignan. "**Natin?**"

"**Oo. Agains't ka din naman sa plano diba?**" Sabi nya habang namimilog ang mga mata. "**...kaya gagawa din tayo ng plano. Tapos para tayong bodygaurd ni Jay-jay o kaya ditective....*blah blah blah.***"

Imagination mo ang limit!

Hindi na ko nakapag-salita sa dami ng sinabi nya. Meron pa syang nalalaman na '*spy*' at marami daw syang spy gadgets. Napapailing nalang ako dahil sa inaasta nya.

"**Look Ci-N... Wala tayong magagawa. Pwede tayong hindi sumali sa plano pero hindi rin tayong pwede'ng magsalita. Babalikan tayo ni Keifer kapag nakialam tayo.**" Paliwanag ko.

Bumagsak ang balikat nya. "**Gusto ni Keifer kuhanin ko tiwala ni Jay-jay tapos alamin ko daw ang kwento nya.**" Malungkot nyang sabi.

"**Gagawin mo naman?**"

"**I don't know.**"

Ci-N can't disobey Keifer. He can't even fight back. Kung ako lang kaya ko ulit na makipag-away sa kanya pero ang isang to, sa liit nya baka sipain lang sya tapos na ang laban.

Hinawakan ko sya sa ulo at bumalik na sa room. Sumunod naman sya sakin. Pagpasok sa loob nagkakagulo sila.

"**Bibigay din yan... Keifer pa!**" Mayabang na sabi ni Felix.

"**Panu kung hindi! Mukang tigasin!**" Sagot ni Denzel.

"**Basta ako 1000, bibigay din sa kama yan!**" Sigaw ni Rory.

"**2000 sakin!**" Gatong ni Edrix.

"**1500, hindi bibigay yan!**" Singit ni Drew.

"**Kagaya pa rin ng una pusta ko!**" Sabi ni Eman.

Napapailing nalang ako. Pinag-planuhan na nga, pinag-pustahan pa. Ngayon pa lang naaawa na ko kay Jay-jay. Anu nalang mangyayari sa kanya?

****EndOfFlashback...****

Kung alam ko lang na ganito ang mangyayari. Kung alam ko lang na ganito kasakit para sa kanya. Kung alam ko lang.... Sana nilabanan ko si Keifer. Sana sinabi ko na ang totoo noon pa. Sana pinagtanggol ko sya sa buong Section E.

"**H-hindi ko alam.**" Panimula nya at huminga ng malalim. "**...Hindi ko alam kung kaya kitang patawarin.**"

Napayuko ako. *I knew it!*

"**...pero...**" I look up at her. "**...ayokong magsalita ng tapos. Siguro hindi ko pa kaya ngayon pero baka...**" Pinilit nyang ngumiti. "**...sa mga susunod na araw, linggo o buwan, mapatawad din kita.**"

Those words are enough. She's still the soft hearted girl that we knew. She's still our Jay-jay.

May kinuha ako sa bulsa at inabot sa kanya. It was an invitation from Ci-N. Tinignan nya ko sandali bago buksan yon.

"**Birthday party?**" Muli nya kong tinignan. "**...Anu to? Childrens party?**"

Bahagya akong natawa. Pambata kasi ang disenyo ng invitation ni Ci. "**No. It's Ci-N's birthday party. Feb. 14, and he wants you to be there.**"

Sinabi ko kasi sa kanya na magkikita kami. Gusto nyang sumama pero pinigilan ko sya. Baka kasi hindi kami makapag-usap ng maayos dahil sa kanya.

Kita ko ang paglungkot ng mga mata ni Jay. Sigurado akong nami-miss na rin nya si Ci-N.

"**H-hindi ko alam kung makakapunta ko.**" Sabi nya at tinangkang ibalik sakin ang invitation pero pinigilan ko.

"**You still have one week to think about it. Alam kong masama ang loob mo kay Ci pero hindi rin nya gusto ang planong yun.**" Ngumiti ako at tumayo na. "**...I have to go. May pasok pa.**"

Napaangat sya ng tingin ng marinig yung salitang '*pasok*'. Alam kong hindi pa rin sya papasok. Who can blame her? After all what happen. Baka hindi na rin ako mag-aral.

"**I know Percy will take good care of you.**" I added and leave.

Pagbukas ko ng pinto ng Mini Mart, nakita ko si Percy na halatang hinihintay ako. Tinapik nya ang braso ko paghinto ko sa harap nya.

"**You did the right thing.**" Sabi nya. "**...Magulo na ang sitwasyon ni Jay-jay. Ayokong pati ikaw sumali pa.**"

Nag-nod ako. "**I know. Ayoko ring maki-gulo.**"

"**Maybe in the future, kung okay na ang sitwasyon. Baka tulungan pa kitang manligaw sa kanya.**" He added and smile.

I smile back. "**Maybe.**"

Nag-nod lang sya at pumasok na ulit sa Mini Mart. Agad akong naglakad palapit sa kotse ko at sumakay.

I understand Percy. Kaya pala ayaw nya kong magka-gusto kay Jay-jay. Magulo ang sitwasyon nya ngayon, lalu na ng nalaman nya ang totoo tungkol sa pagkatao nya.

I pity and adore her at the same time. Nananatili syang nakatayo sa kabila ng mga problema nya. And that is the Jay-jay that we knew.

The Jay-jay that i like. Sayang lang dahil sa panget na sitwasyon ko sya nakilala. Kung sana hindi lang sya naging kapatid ni Aries. Kung sana hindi lang sya ginamit ni Keifer. Kung sana hindi lang sya minanipula ni Yuri. Kung sana hindi lang sya niloko ng mga kaklase namin. Kung sana...

Kung sana kaya lang kita'ng ipaglaban, but i can't.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ + +

Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 197

A/N: Sorry for the wrong spelling and grammar. Maganda lang ako pero hindi ako perpekto. *Hehehehe*

Back Attack

Jay-jay's POV

Buset talaga tong Percy na to! Mapilit-mapilit ang lintik. Ipinilit talaga nya ang lintik na amusement park na yan kahit ayoko.

"**Kuhanin ko lang kotse ko.**" Paalam nya at mabilis na tumakbo paalis.

Ang liit lang kasi parking sa harap ng Mini Mart kaya madalas sa malayo sya nag-pa-park. Naiwan akong naka-tanga sa harap at palakad-lakad.

Hindi mawala sa isip ko yung sinabi ni David. Kingina kasi! Ang dating tuloy sakin may feelings nga si Keifer dahil apektado sya nung ginawa ni David.

Panu mangyayari yun?! Wala ngang feelings sakin!

Umaarte lang siguro yun. Bigyan ng Oscar dinaig si Leonardo de Caprio. Kahiya!

Nagkakaroon tuloy ako ng pag-asa. Aasa na naman ako sa wala. Tapos iiyak na naman ako, eh hindi naman nagiging perlas luha ko----muta! Nagiging muta!

Habang naghihintay pa rin kay Percy napatingin ako sa grupo ng kalalakihan na papasok sa Mini Mart. Mga collage student, pamilyar kasi yung uniform nila. Ang iingay kasi nila at parang nakita ko na rin sila.

"**Ang sakit nga! Pagnahanap ko yung babae na yun, yari sya sakin!**" Sabi nung isang nangunguna sa kanila.

"**Tang'na Pre! Pinabagsak ka ng babae?!**" Pang-aasar nung kasama nya.

"**Sabi mo kaibigan ni Savannah. Bakit hindi mo hanapin----?**"

Hindi ko na narinig yung sunod nilang sinabi. Nakapasok na kasi sila sa Mini Mart. Yung napaisip ako bigla dun sa pangalan na Savannah. Saan ko nga narinig yun?

Savannah Shane!

Putik! Yung kagabi! Bakit ba parang nagiging makakalimutin na ko? Ang masama pa nito yung lalaking nagsasalita kanina, mukang sya yung sinipa ko sa dibdib.

Lagot!

Tinignan ko yung paligid. Nagbabakasali kung nasan na si Percy. Bakit kasi ang tagal nya? Saang lupalop na ng earth nagpunta yun? Hindi ako pwedeng magtagal dito.

Pinili kong hanapin nalang si Percy. Wala kasi akong cellphone number nya. Hanep yan!

Lalakad na sana ako ng may bigla humawak sa braso ko. Tinignan ko yun ng masama pero napalitan ng gulat ng makilala ko sya.

Malas talaga!

"**Tignan mo nga naman...**" Maangas na sabi ni Kuya----yung sinipa ko sa dibdib. "**...Pinag-uusapan lang namin pero eto na at kaharap ko.**"

Pilit kong binawi ang kamay ko. Magaan lang ang pagkakahawak nya kaya nakabitaw din sya agad. Tumalikod na ko at akmang tatakbo pero may nakaharang na katawan.

Napaatras ako, dun ko lang napansin na nakapalibot na pala sila sakin. Lima lang sila pero nagtatangkaran. Hindi ko alam kung kaya kong lumaban, lalu na't may dinaramdam akong sakit.

Sakit ng sawi sa pag-ibig!

"**Nasan ang tapang mo ngayon?**" Sabi ulit nung lalaking sinipa ko.

Mukang sya ang leader ng mga ungas na to. Sya lang kasi ang mukang mas maangas kesa sa kanilang lahat.

"**Wala ako sa mood makipag-talo. Pwedeng umalis na kayo sa daraanan ko?**" Mahinahong sabi ko.

"**Kung hindi kami umalis?**" Sagot ng kaharap ko.

"**Mapipilitan akong pwersahin kayo.**" Banto ko at pinatunog ang kamao ko.

Kaso walang tumunog kaya nagtawanan sila. Hindi nakisama yung buto ko. Badtrip!

Sabay-sabay nilang tinaas ang kamay nila at pinatunog ang mga kamao. Sunod-sunod ang naging tunog ng mga buto nila. Napa-lunok nalang ako.

Hindi ako ready makipag-away!

Sandali silang nagtawanan at nagtinginan. Kailangan kong maka-alis dito. Wala akong balak na magpa-bugbog sa kanila.

Tinignan ko sila isa-isa. Yung nakatalikod sa kalsada ang napili ko. Huminga ako ng malalim at mabilis na tinulak ng malakas yung lalaking napili ko. Pagbagsak nya, agad akong tumakbo paalis.

"**Bwisit! Habulin nyo!**" Sigaw ng isa sa kanila.

Tumakbo lang ako ng tumakbo. Hindi ko alam kung saan ako pupunta. Basta dapat makalayo ako sa kanila.

Kingina kasi!

Nasan ang tapang ko ngayon? Naiwan ko yata sa bahay. Badtrip!

Napahawak ako sa ulo ko ng makaramdam ako ng kirot. Akala ko nawala na ng tuluyan yung sakit nung uminom ako ng gamot. Nahihirapan akong tumakbo dahil sa sakit.

Kailangan kong huminto. Lumiko ako sa isang eskenita at dun nagtago. Malalim ang bawat paghinga ko dahil sa pagod. Ang bilis ng tibok ng puso ko ang nangingibabaw sa buong katawan ko.

Wag lang sana akong makita dito!

"**Asan?!**" Dinig kong sigaw ng parang leader nila. "**...Hanapin nyo!**"

Kasalanan ni Percy to! Ang tagal-tagal kasi. Kukuhanin nalang yung kotse ang dami pang arte. Akala mo naman limousine ang gagamitin nyang kotse. Feeling ko tuloy karo ng patay ang kotse nya dahil sa tagal.

Hindi ko na naririnig yung mga lalaki, nakalayo na siguro sila. Sisilip pa lang sana ako pero mukang hindi na kailangan. Nakatayo na silang lima sa harap ko, mga pagod sa pagtakbo.

"**Hehe... Hi po.**" Sabi ko.

Bigla nalang ako hinatak ng dalawa sa kanila. Hinawakan nila ko ng mahigpit at iniharap dun sa leader nila.

"**Pinahirapan mo pa kami! Akala mo naman makakapagtago ka samin!**" Inis na sabi nya habang pinupunasan ang pawis sa baba.

"**Problema mo?! Sino ka ba?!**" Sigaw ko sa kanya.

Alam kong sya yung sinipa ko sa dibdib. Pero hindi ko sya totaling kilala. Malay ko ba kung sino sya!

"**Matapos mo kong sipain kagabi! Ngayon mo pa talaga naisipang itanong yan!**"

Sagutin mo nalang kaya!

"**Eh?**"

"**Pabibo tong babae na to! Anung gagawin natin dito?!**" Sabi nung isang may hawak sakin.

Tinignan ako ng leader nila mula ulo hangang paa. Ngumiti sya at

lumapit sakin.

"**Masakit yung ginawa mo kagabi.**" Sabi nya sabay turo sa dibdib nya. "**...hayaang mong iparanas ko sayo ang sakit na hindi'ng hindi mo makakalimutan.**"

Malalim ang naging paghinga ko. "**Huli ka na... Naranasan ko na.**" Bored kong sabi. "**...Nasaktan na ko, at hindi'ng hindi ko makakalimutan yon.**"

Sinaktan na ko ng taong pinagkatiwalaan at minahal ko.

Pare-pareho silang naguluhan sa sinabi ko. Nagtinginan pa sila at parang nanghihingi ng sagot sa isa't isa. Ang slow naman ng mga to!

Habang busy sila sa kakaisip ng mga pinag-sasabi ko, naramdaman ko ang pagluwag ng hawak sakin ng isa sa kanila. Agad kong hinatak ang braso ko at isang upper cat ang tumama sa panga ng may hawak sakin.

Ippo Makonotsi!

Mabilis kong binalingan ang isa pang may hawak sakin. Bakas sa kanya ang pagkagulat at matagal bago nya napansin ang kamao kong palapit sa muka nya.

Nabitawan nya ko at tuloy-tuloy syang bumagsak. Galit na gulat ang reaksyon ng leader nila. Ewan ko pero bigla kong nakita yung dati kong kaklase sa kanya. Para akong bumalik sa panahon na nakikipag-away ako sa Holy Saints Highschool.

"**Mali ka ng kinalaban.**" Walang buhay na sabi ko.

Humakbang ako palapit sa kanila, sya namang hakbang nila paatras. Nag-iinit ang katawan ko. Para bang gusto ko pa, gusto ko pang makipag-suntukan. Hinahanap ng katawan ko yung sakit at excitement sa pakikipag-away.

Yung takot at tapang na naghahalo sa dibdib ko.

"**Bwisit!**" Sigaw ng leader nila at biglang sumugod sakin.

Bago pa man nya maporma ang kamao nya, malakas na sipa sa dibdib nya ang ginawa ko. Bumagsak sya kalapit ng mga kasama nya at namalipit sa sakin.

Tinignan ko yung dalawang natitira. Panay ang atras nila sa bawat hakbang ko palapit. Halong takot at galit ang pinapakita nila sakin.

Ganyan din sila noon!

Yung mga kaklase ko dati na kinakalaban ako. Tapos bandang huli, sila din ang talo. Hindi ako nakikipag-away sa maramihan dahil nahihirapan na ko, syempre babae pa rin ako.

Madaling bumigay, marupok at madaling mabasag. Kaya nga siguro ako nagawang paikutin ng lalaking yun.

Tang'na! Naalala ko na naman sya.

Mahigpit ang pagkakasara ng kamao ko. Lalung humihigpit pa dahil sa nararamdaman kong sakit----na hinahaluan ng galit.

"**Mga pisti kayo!**" Sigaw ko at sinugod silang dalawa.

Kayalang mga Gago talaga ang mga lalaki. Tinalukan nila ko pareho. TINULAK AKO! Kingina! Babae kaya ako! Hindi dapat ako tinutulak.

"**Tang'na! Bakit kayo nanunulak?! Masakit kaya!**"

"**Baliw yata tong babae na to!**" Sabi nung isa kanila.

Muka mo baliw!

"**Hoy!**" Sigaw ng kung sino.

Pare-pareho kaming napatingin don. Isa lang masasabi ko, ayos ang timing nya.

"**Bakit nyo tinulak kapatid ko?!**" Galit na tanung ni Percy.

"**Baka gusto mong tignan ginawa nya sa mga kasama namin?!**" Sarcastic na sabi ng isa sa kanila habang nakaturo sa mga kasama

nyang bagsak.

"**Kahit na! Hindi nyo dapat tinutulak yan! Babae yan!**" Katwiran ni Percy habang naglalakad palapit.

Oh diba?! Pareho kami ng katwiran!

Nakatingin lang ako kay Percy ng biglang magbago ang expression nya. Mula sa parang naiinis, bigla nalang syang naging seryoso at bumaling don sa dalawa.

Ewan ko pero parang nakita ko si----*dimunyu'ng Hari!* Yung paraan nya ng pagtingin sa mga kaaway ko at kung panu sya unti-unting lumapit.

"**Per----.**" Hindi ko na natapos ang sasabihin ko ng biglang umikot sa sa ere at sinipa sa muka yung isa sa lalaking natitirang nakatayo.

Ayokong banggitin ang pangalan nya pero.... *Keifer na Keifer ang galaw nya!*

Isa nalang ang natitira at parang naiiyak na sya. Hindi alam ang gagawin kung tatakbo ba o paglulumpasay. Kahit ako hindi nakagalaw, masyado akong namangha sa ginawa ni Percy.

Hindi ko dapat to isipin pero parang nakikita ko yung tatlo sa kanya. Minsan si Aries, minsan si Yuri at ngayon si Keifer.

Parang Ci-N din minsan!

Yung tatlong lalaki na nanakit sakin ng husto parang naging isa. May sariling pagkatao si Percy pero kung ganitong parang nakikita ko sila sa kanya.....dapat na ba kong lumayo?

Habang busy sya don sa nag-iisang lalaki na natira sa kanila, unti-unti akong lumakad paalis ng hindi nya napapansin. Kakaiba kasi yung pakiramdam ko. Hindi ako komportable.

Hindi naman sila pare-pareho pero ewan ko. Ewan ko talaga, mababaliw na yata ak----*argh!*

May bigla nalang humampas sa batok ko. Tuloy-tuloy akong

bumagsak sa sahig. Nanghina ako at hindi na makatayo pa. Pilit kong tinignan kung sino gumawa non pero unti-unti ng nadidilim ang paningin ko hangang sa isang boses ang narinig ko.

"Nice! Hawak na natin yung girlfriend nya!"

+ +

Percy's POV

Where is she?!

Matapos kong tulungan sa mga kaaway nya, bigla nalang syang nawala. Saan naman kaya sya pupunta?

Naglakad-lakad ako sa paligid kung saan ko sya huling nakita pero wala man lang bakas o anino nya.

Dapat talaga bilan ko na sya ng bagong cellphone para pwede ko syang matawagan. Hindi ko sya pwedeng tawagan sa kasalukuyan nyang cellphone ngayon.

Alam ko kasi may something sa cellphone nya!

Bumalik ako sa Mini Mart pero wala din sya don. Nag-sisimula na kong kabahan. This is not so fvcking good!

"**Nasan kana?**" Bulong ko sa sarili ko.

Agad kong binalikan ang lugar kanina. Wala na dun yung mga lalaking naka-away namin. Nagtatakbo pa ko sa hindi kalayuan pero kahit don wala sya.

May nasa lubong akong tatlong bata, agad akong lumapit sa kanila. Nagbabaka-sakali na nakita nila si Jay-jay.

"**Hi, pwede ba kong magtanung sa inyo?**" Bungad ko sa kanila.

Halata ang takot sa kanila dahil sa biglaang paglapit ko.

Sa gwapo kong to, natakot kayo?!

"Itatanung ko lang kung may nakita kayong babae dito kanina. Naka-uniform ng highschool." Paliwanag ko pero hindi sila kumikibo. "**...wala?**"

Hindi pa rin sila sumagot kaya agad kong kinuha ang cellphone ko at pinakita ang picture ni Jay-jay.

"**Etong babae na to, nakita nyo ba?**" Tanung ko ulit.

Kita ko ang pagbabago ng expression nila. Nilapit pa nila ang muka nila sa cellphone ko na para bang kinikilatis ang muka ni Jay-jay.

"**Sya yun!**" Sigaw ng isa sa kanila. "**Say yung nakita natin!**"

"S-saan nyo nakita?"

"**Doon!**" Turo ng isa malapit sa pinang-galingan ko. "**...Tulog sya!**"

Tulog?!

"Sya nga yun! Sinasakay sya sa van ng mga lalaki!"

What the fvck?!

"**Salamat!**" Sabi ko at agad na nagtatakbo pabalik sa kotse ko.

Pagsakay sa loob agad kong dinial ang number ni David. Kailangan ko ng tulong. Hindi ko sya mahahanap kung ako lang.

Sino yun? Sino yung nagsakay sa kanya sa van?

+ +

Yuri's POV

I miss her!

Ilang araw na syang hindi pumapasok. Gusto'ng gusto ko na syang makita pero hindi ko naman sya magawang puntahan.

Gusto ko muna syang bigyan ng space. Alam kong masakit pa rin sa kanya yung ginawa namin. Pero kung hindi sya papasok, panu yung

pag-aaral nya.

Tignan ko yung dating pwesto nya na bakante pa rin. Agad namang lumipat ang tingin ko kay Keifer. Bumalik na naman sya sa dating ugali nya.

Salubong na salubong ang kilay habang naka-cross arm at nakatingin sa kawalan.

Nakaka-awa ka Keifer! Pinapahirapan mo ng husto ang sarili mo!

Binalik ko ang tingin ko sa harapan ng makita ko si David at Ci-N na nag-uusap. Silang dalawa na ngayon ang laging magkasama. Parang lumayo na rin sila sa buong Section E dahil sa mga ginagawa nila.

Malalim ang naging buntong hininga ko. Kung sana maaga ko lang na-realize yung nararamdaman ko sa kanya. Kung sana malakas ang loob kong kalabanin si Keifer. Kung sana noon ko pa sinabi sa kanya.

Baka hindi na humantong sa ganito.

Pare-pareho kaming nagsisisi ngayon. Pare-pareho kaming nahihirapan. Pare-pareho kaming napatingin sa pinto.

Bigla nalang kasi pumasok si....Percy?

"**Hoy David!**" Galit na sabi nya. "**...Bakit hindi mo sinasagot tawag ko?!**"

Taka syang tinignan ni David at kinuha ang cellphone sa bulsa. "**Naka-silent, sorry.**"

Humahangos ang itsura nya at halatang hindi mapakali. Para syang natataranta na hindi maintindihan.

"**What the fvck are you doing here?**" Mahinahon pero maotoridad na tanung ni Keifer.

He finally speaks!

Hindi sya pinansin ni Percy. Ilang beses nitong nasuklay ang sariling buhok. Bigla nalang nitong inagaw ang cellphone ni David.

"**Anung nangyayari sayo?**" Tanung ni David.

Nagpipindot si Percy sandali at idinikit sa tenga nya. Mukang meron syang tinatawagan.

"**Fvck!**" Sigaw ni Percy at pabatong binalik ang cellphone kay David.

"**Anu bang nangyayari sayo?**" Tanung ulit ni David.

"**Nawawala si Jay-jay.**" Mabilis nyang sagot na nagpa-alarma saming lahat----except kay Keifer.

"*Ano?!*"

"*Baka naman may pinuntahan lang!*"

"*Oh baka umuwi sa kanila!*"

Umiling si Percy at parang hindi makapaniwala sa nangyayari. Umikot-ikot din sya.

"**Ikaw ang kasama nya! Bakit hindi mo alam kung nasan sya?!**" Galit na sabi ko.

Bigla nalang nya kong hinarap at dinuro sa muka. "**Wag mo kong sermunan!**"

"**Anu ba kasing nangyari?!**" Tanung ni Felix.

"**Bigla syang nawala... Tinapos ko lang yung away na sinimulan nya tapos biglang nawala.**" Inis na paliwanag ni Percy.

Nakikipag-away sya?! This is not good.

Tinignan ko si Keifer na hindi pa rin nagbabago ang itsura. Para bang walang syang paki-alam sa nangyayari. Para bang wala syang paki-alam kay Jay-jay.

"**Wala ka man lang gagawin?!**" Galit na tanung ko sa kanya.

Tinignan nya ko at unti-unti syang tumayo. Bigla nalang nyang binato ang cellphone nya sakin at naglakad palabas ng room.

"**I already know where she is.**" Sabi nya bago tuluyang makalabas.

Tinignan ko ang cellphone nya at isang textmessage ang bumungad sakin.

From: *+639*********
Message: *We have your precious girl. Same place in 30mins or you'll found her naked in our bed. Haha*

Napahigpit ang hawak ko sa cellphone. Panibagong message ang dumating at picture yun ni Jay-jay na walang malay.

Bwisit! Bakit ngayon pa?!

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ + +

Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 198

A/N: The long wait is over. NO EDIT!
Sorry for the wrong spelling and grammar.

Matagal pa POV ni Keifer. Sana magawa ko syang worth it. Hehehehehe...

No care

Percy's POV

"**Bilisan mo pa!**" Sigaw ni Felix sa tenga ko.

"**Teka! Eto na!**" I shout back.

Kung hindi lang kami nagmamadali ngayon baka kanina ko pa sya nasermonan. Nawawalan na sya ng respeto sakin.

Kuya mo to, brad!

"**Ayun si Keifer!**" Sigaw nung Calix mula sa backseat.

Natanaw ko na ang kotse nya. Napaka-bilis nyang magpatakbo na parang walang ibang sasakyan na kasabay.

"**Bilis pa, Percy!**" Felix shout again.

Percy?!

Nagsalubong ang kilay ko sa sinabi nya. "**Hoy! Asan yung '*Kuya*'?**"

"**Parang yung *paki* ko sayo... Nawawala.**" He answered sarcastically.

Aba matinde! Gagalitin ako ng lalaking to.

"**Burn.**" Dinig kong bulong nung Denzel mula din sa backseat.

Badtrip!

Pakiramdam ko napag-tutulungan ako. Ayoko pa naman ng ganito.

"Tuloy mo yan... At parang allowance mo lang din yan. Mawawala!" Sagot ko at natahimik naman sya.

"Solid burn." Bulong nung Calix.

Pasimple akong napangiti. Hindi sa pinapahayag kong nanalo ako. Ayoko lang talaga na nawawalan ng respeto sakin ang mga kapatid ko.

Hindi ko naman masisisi si Felix. Maraming nangyari nung nawala ako. Then one day, i'll just show up. He even think that i lied to them.

Nakita ko ang kotse ni Yuri na inuunahan ako. *Eto na naman tong palito na to!* Pinag-iinit nito ang ulo ko.

I return my gaze to Keifer's car. Sobrang layo pa rin nya samin. He suddenly turn left without making any signal. Agad na nataranta ang kasunod nyang sasakyan at napahinto. Ganun na din ang ibang sasakyan at gumawa ng traffic.

"Bakit ngayon pa?!" Sigaw ko.

Pati kotse ni Yuri at David napahinto na rin. Nawala sa paningin namin ang kotse ni Keifer.

Damn it!

+ +

Jay-jay's POV

"Hulaan mo kung nasan kami?" Pang-aasar ng isa sa kanila.

Lintik! Kanina pa ko pinag-ti-tripan ng isang to. Kapag natanggal ko tong tali ko at piring, sya una kong susuntukin.

Hindi ko na masyadong maalala yung nangyari. Basta naglalakad lang ako palayo kay Percy tapos nawalan na ko ng malay. Pagising

ko nakatali na ang paa at kamay ko at madilim din. Base sa position ko, nakatali ako sa bangko at nakapiring.

Sino ba kasi tong mga to?!

"**Boring naman nito... Ayaw mo bang makipag-laro sakin?**" Parang bata na sabi nung ng-aasar sakin.

"**Tigilan mo na yan, A.**" Sabi ng isang lalaki. Malaki ang boses nya kumpara dito sa nangungulit sakin.

"**Nakaka-tamad kasi.**" Sagot ng lalaking tinawag na A. "**...AHA!**"

Bahagya akong nagulat sa pagkakasigaw nya. Malapit lang pala kasi sya sakin at parang halos katabi ko lang.

Muntik na kong mabingi! Putik!

"**Patingin ako ng gamit mo, ah?**" Paalam nya.

Hindi pa rin ako sumagot. Wala naman syang makikita sa bag ko. Kanina pa ko nakikiramdam sa paligid ko, pero dahil dito sa piring ko hindi ako mapakali.

Ayoko ng dilim!

"**Nag-aaral ka ba talaga? Iisa lang notebook mo! Tapos may damit at----uy! Cellphone!**"

Tao yata sa mula ang isang to. Ngayon lang nakakita ng cellphone. Goodluck kung mabuksan nya. Matibay ang password ko, men!

"**Anu password?**" Tanung sakin nung A.

Ramdam ko ang presensya nyang nasa tabi ko lang. Hindi ako kumibo at naramdaman ko ang kamay nyang humihimas sa pisngi ko. Agad kong iniwas ang muka ko pero nakasunod pa rin ang kamay nya.

"**Ang kinis mo pala...**" Sabi nya at ramdam ko ang hininga nya sa leeg ko.

Alagang beauty soap!

Nangilabot ang buo kong katawan kasabay ng mabilis na tibok ng puso ko. Wala sana akong balak magsalita hangang mamaya pero hindi ko rin natiis.

"**Lumayo ka!**" Sigaw ko.

"**Nagsalita na din!**" Tuwang-tuwang sabi nitong A. "**...K! Napagsalita ko sya!**"

"**Tigilan mo na yan.**" Sagot nung malalim na boses na K daw. "**...Pabalik na si Z baka magalit yun.**"

Anu to? Alphabet? A, K at Z?

Nakarinig ako ng tunog ng bumukas na pinto. Para bang kulang sa langis ang bisagra. Saksakan ng ingay at parang ang bigat.

"**Anung ginagawa mo, A?**" Sabi ng kung sino.

"**Nanantsing yan!**" Sagot ng isa pa.

Pakiramdam ko marami silang bagong dumating. Mukang hindi nga ako nagkamali. Yabag pa lang ng paa parang ang dami na nila. Idagdag pa yung pagku-kwentuhan ng iba.

"**Tinatanung ko lang password ng cellphone nya.**" Sagot nung A.

Oo! Tapos may kasamang himas! Gago ka!

"**Ibalik mo na yan.**" Utos ng isang lalaki.

Hindi na nagsalita yung A kaya baka binalik na nya yung cellphone ko. Nagkaka-ingay yung iba sa pagku-kwentuhan.

Nakaramdam na naman ako ng presensya ng tao na malapit sakin. Naging alerto ako dahil baka hawakan din nya ko kagaya nung ginawa nung A.

"**Z! Tatanggalin ko na ba yung pireng?**" Sabi ng isang lalaki na sa palagay ko ay yung lumapit sakin.

"**Wag.**" Mabilis na sagot nung Z.

"**Z! Kapag hindi dumating si Keifer pwedeng ako mauna sa kanya!**" Biglang sabi nung A.

Agad na nanginig ang katawan ko sa takot. Alam ko ibig nilang sabihin. Katapusan ko na!

Bakit ba ako na naman ang nadamay sa gulo nung Keifer na yon? Wala na bang katapusan to? Maling tao naman yung kinuha nila. Wala namang paki-alam sakin si Keifer kaya malamang sa hindi.....*goodbye v-card!*

Kailangan kong maka-alis dito!

"**A-anu bang k-kailangan n-nyo sakin?**" Halos pabulong kong tanung.

May narinig akong yabag na palapit sakin. Panibagong tao ang naramdaman kong nakatayo sa harap ko.

"**Yung boyfriend mo.**" Sagot ng tao sa harapan ko na sa tingin ko ay yung Z. "**...Hindi pa ko nakaka-ganti sa kanya.**"

"**Hindi ko sya boyfriend.**" Mabilis kong sagot.

Narinig ko ang bahagyang pagtawa ng ilan sa kanila. Akala yata nagjo-joke ako! Syempre mahihina ulo ng mga to kaya hindi sila maniniwala.

"**We're not stupid----.**"

"**You're stupid!**" Putol ko sa sasabihin nung Z.

"**Anong sabi mo?!**" Galit na tanung nya.

"**You're stupid!**" Pag-uulit ko.

Bigla nalang may humablot sa buhok ko. Napatingala ako dahil sa pagkakahatak ng kung sino. Masakit sa anet kaya hindi ko maipalag ang ulo ko.

"**Wag mo kong sagarin, babae! Kung nakakatakot ang boyfriend mo, mas nakakatakot ako.**" Sabi nung Z sa mismong muka ko.

Ramdam ko ang mainit nyang hininga. Makawala lang talaga ako dito hindi ako magdadalawang isip na lumaban sa kanila. Kung wala lang ako sa sarili ko kanina baka nakalaban pa ko sa mga nagdala sakin dito.

Baka nasa amusement park na ko ngayon!

"**Kung tanga si Keifer, mas tanga ka.**" Sagot ko. "**...Hindi ka maka-intindi. Hindi ko nga sya boyfriend.**"

Binitawan nila ang buhok ko at malakas na tumawa si Z. Para bang tuwang-tuwa sya sa sinabi ko.

"**Wag mong sabihin na hiwalay na kayo?**" Tanung nya habang natatawa pa rin.

"**Hindi.**" Halos pabulong kong sagot. "**...hindi naman naging kami.**"

Tumawa na naman yung Z. Mas malakas kesa sa tawa nya kanina. Pati mga kasama nya nakikitawa na rin.

Tuwa'ng-tuwa oh! Ligaya'ng-ligaya!

"**Babae...**" Tawag sakin ng kung sino. "**...Kalat na sa lahat ng grupo dito na ikaw ang girlfriend ni Keifer. Kaya bakit kami maniniwala sayo.**"

Ay shungaers ang bugok!

Kung pwede ko lang sampalin ang muka ko ngayon, ginawa ko na. Kung makikita lang nila ang mata ko, kanina pa sila nasaksak ng talim ng irap ko.

Ayoko na sanang balikan. Ayoko na sanang ulit-ulitin. Ayoko sanang banggitin. Kayalang----*haizt! Kaylangan eh!*

"**Hindi naging kami...**" Huminga ako ng malalim. "**...Kasi ginamit**

lang nya ko."

Tumigil sila sa pagtawa. Ramdam ko ang pagtingin nilang lahat sakin. Mukang kailangan ko pang mag-kwento para lang maintindihan nila.

I'm ready! I'm ready! I'm ready!

"Ginamit lang nya ko para makaganti sa kapatid ko." Parang bumalik na naman yung bigat sa dibdib ko. **"...Wala eh! Ako si tanga, nahulog naman sa bitag nya."**

"Ouch." Kumento ng kung sino.

"Anung ginawa sayo ni Keifer?" Tanung nung A.

Napailing ako kasabay ng pag-yuko. Ayokong umiyak, kakasabi ko lang na hindi ko na sya iiyakan. Pinilit kong pigilin ang mga luha ko sa paghinga ng malalim.

Balik, luha! Balik!

"Edi pina-ibig ako! Dakilang pa-fall ang putik tapos nung na-fall ako sasabihin----*jok-jok-lang!*" Inis na sabi ko. **"...buti nalang hindi nabiyak ang buko. Muntik ng bumagsak ang bataan."**

"Gago pala talaga! Pa-asa ang bwisit!" Sabi ng isa sa kanila.

Dinig ko ang malalim na pagbuntong hininga ng ilan sa kanila. Meron pa kong narinig na nagmura. Kanya-kanya ng komento sa ginawa ng Hari ng mga Dimunyung Ulu----.

"Nice story."

Bigla nalang akong natigilan. Kilala ko ang boses ng nag-salita na yon. *Kilalang-kilala!* Narinig nya yung pagku-kwento ko. Ang galing! Hindi ko alam kung matutuwa ba ko o maiinis.

Mag-paparty nalang ako!

Bigla nalang nagka-ingay na para bang nagsilayo sila o naglapitan sa nagsalita. May narinig din akong nalaglag na ilang bagay.

"**Anak nang...**" Dinig kong bulong ni Z.

"**That was a heart warming story. Yun nga lang may kulang.**" Sabi ni Keifer at bigla nalang ako nakarinig ng lagabag.

Sunod-sunod ang sigawan at malakas na kalabog. Dahil sa piring ko, wala man lang akong makita. Baka may tumama sakin o kaya naman ako yung masaktan. Alam kong nagsusuntukan na sila.

"*Gago ka!*"

"*Eto sayo!*"

"*A!*"

"*B!*"

"*C----Z pala!*"

Matapos ang kaunting ingay at kaguluhan, tumahimik ang paligid na para bang may dumaan na anghel. Nakiramdam ako at sa naririnig ko meron pa ring tao dahil sa malalim nilang paghinga.

"**Gago ka!**" Sigaw nung Z.

"**Hindi ka marunong madala.**" Sabi ni Keifer. "**...Pinabagsak na kita noon, eto ka na naman.**"

"**Eh anu ngayon?!**"

"**Dinamay mo pa yan!**"

Yan nalang ang tawag sakin. Nakaramdam ako ng pamumuo ng hangin sa lalamunan ko. Umpisa na naman, maiiyak na naman ako. Buti sana kung nabebenta yung muta kagaya ng perlas.

"**Daldal mo!**" Sigaw ng kung sino.

Anung nangyayari?!

Tanging pag-galaw lang nila na naririnig ko ang basehan ko sa nangyayari. Wala pa rin akong ka-alam-alam sa kung anung ginagawa nila. Pinipilit kong hatakin ang kamay ko mula sa

pagkakatali simula pa kanina pero wala pa ring nangyayari. Mahapdi na ang pupulsuhan ko sa kakahatak.

"**Ngayon na A!**" Sigaw nung Z.

Nakarinig ako ng ilang balabag. Hindi ko alam na higit pa sa dalawa ang nakatayo. Biglang tumahimik ulit, kagaya kanina. Pinakiramdaman ko ang paligid pero parang wala ng ibang tao. Hanggang sa nakarinig ako ng yabag ng paa na parang papalapit sakin.

"**S-sino yan?**" Tanung ko. "**...A-anung n-nangyayari? Asan si K-keifer?**"

Hindi sya sumasagot. Patuloy sya sa paghakbang palapit sakin. Bakit pakiramdam ko may nangyaring masama kay Keifer? Baka napabagsak na sya! Pero sino tong palapit sakin.

Wag naman sana!

"**S-sino ka ba?**" Natatakot kong tanung. "**...I-ikaw ba y-yan Keifer? Magsalita ka naman.**"

Naiiyak na ko. Ayaw kasi talaga sumagot ng palapit sakin. Baka nga hindi talaga sya si Keifer. Pero sino to? *Kingina!* Manu magsalita.

Huminto ang yabag sa harapan ko. Malalim ang paghinga nya na parang pagod na pagod.

Kung sino ka man... Umayos ka!

Ramdam ko ang pagtitig nya sakin. Halos ugain ko na ang bangkuan ko para lang maka-alis sa pagkakatali. Mahigpit ang paghinga ko at muka akong tanga sa paghihintay ng gagawin nya.

Nangilabot ako ng tuluyan ng maramdaman ko ang palad nyang humahaplos sa pisngi ko. *Shit! Sino ka ba?!* Pinilit kong iiwas ang muka ko pero kagaya kanina nakasunod na naman ang kamay nya.

Yung A ba to?!

"**Putik! Lumayo ka! Wag mo kong hahawakan!**" Sigaw ko at pilit

nilalayo ang muka ko.

Panu kung yung A nga to?! Tang'na! Baka bagsak na si Keifer. Kung totoo yun, matutuloy yung balak nya sakin. Hindi! Nagsisimula ng mamuo ang luha ko dahil sa takot.

"**Keifer!**" Tawag ko sa kanya. "**...tulungan mo ko!**"

Wala talaga akong balak maghingi ng tulong sa kanya. Eh anung magagawa ko?! Sya yung andito!

Mas lalo akong nangilabot ng maramdaman ko yung mainit nyang hininga sa leeg ko. Mas lalu pa kong nagwala sa kinauupuan ko. Hindi to pwede! Kung anu mang balak nya, hindi pwede.

Nagwawala na ang sistema ko, halo-halo na ang nararamdaman ko. Naiiyak na ko sa sobrang inis. Wala man lang akong magawa dahil sa mga tali sa kamay at paa ko.

Pero ang tuluyang nagpahinto ng tibok ng puso ko kasabay ng paghiwalay ng kaluluwa sa katawan ko ay ang sunod nyang ginagawa.

H-h-hinalikan nya ko.

Kakaiba yung epekto sakin. Ang lakas ng tama sa sistema ko. Hindi ako maka-palag, ni hindi ko magawang iiwas ang ulo ko. Bakit ganito?!

Pamilyar sakin!

Sobrang pamilyar sakin ng nararamdaman ko. Kahit yung mga labing nakadikit sakin, pamilyar din. Hindi ko alam kung bakit ganito.

Parang si Kei----HINDI! Hindi sya si Keifer! Hindi nya gagawin to. Wala syang dahilan para halikan ako.

Gusto'ng gusto kong paniwalaan na sya nga to. Gusto'ng gusto kong hilingin na sana nga sya to. Pero alam kong imposible. Alam kong hindi sya, dahil hinding-hindi na nya ko hahalikan.

"**Wag... Please.**" Paki-usap ko paghiwalay ng labi nya. "**...maawa ka sakin.**"

Wala akong narinig mula sa kanya. Katahimikan ang bumalot saming dalawa. Mas lalu akong nangamba dahil wala man lang akong mabakas sa balak nya.

Natatakot ako sa katahimikang naririnig ko. Mas nakakatakot kesa kanina na maraming tao. Nakakabaliw ang ganito!

Hangang isang malakas na lagabag ang narinig ko.

"**JAY-JAY!**" Sigaw ng kung sino.

Nakahinga ako ng maluwag. Pamilyar sakin ang tinig na yon. Kilala ko yun at alam kong maaasahan ko.

"**P-percy.**" Tawag ko at may nagtanggal ng piring sa mata ko.

Sandaling nag-adjust ang paningin ko sa sobrang liwanag. Bumungad sakin ang buong Section E. Si Ci-N na nag-aalala at si David na nasa tabi nya. Sila Felix, Rory at Edrix na tinitignan ang mga bagsak na katawan. Si Denzel, Mayo at Drew na binubuksan pa ang mga saradong pinto para masiguro na walang tao. Si Eman, Blaster at Kit na tinutulungan akong kalagan ang tali.

Pero napahinto ang tingin ko kila Yuri at Josh. Nakatayo sila sa harap ni Eren at....Keifer. Bagsak sya at pilit tinatayo nila Eren. May lumalabas din na dugo mula sa tagiliran nya.

A-anung nangyari?!

Pagka-alis ng tali, tinulungan ako ni Percy tumayo. Gusto kong lumapit kay Keifer at tignan sya. Pero inunahan ako ng malamig nyang tingin sakin.

"**Kaunting tiis... Dadalin ka namin sa ospital.**" Sabi ni Yuri bago ako tignan mula ulo hangang paa.

Tinignan nya siguro kung okay ako. Dahil ng walang makitang problema, nagpa-una na syang lumabas.

"**Okay ka lang, Jay?**" Tanung sakin ni Ci.

Tipid na tango ang tanging naisagot ko. Nanatili ang tingin ko sa kanila hangang sa makalabas sila ng pinto. At doon naging malinaw sakin na hindi sya ang humalik sakin.

Dahil sa pwesto nya na may kalayuan sakin at sa sugat na natamo nya. Mahirap magpabalik-balik mula sakin papunta sa kinalalagyan nya.

Hindi nga sya yun!

"**Umalis na tayo na dito.**" Sabi ni Percy at inalalayan akong lumakad.

Walang masakit sakin. Hindi naman ako sinaktan ng mga yon pero para akong lumpo na hindi maka-kilos dahil sa mga naiisip ko.

Pagdating sa labas, sinakay nila si Keifer sa kotse. Agad namang sumama yung iba. Pag-alis ng sinasakyan nila, para akong nagising sa isang panaginip. Sumampal sakin ang katotohanan sa mga nangyari.

Kasalanan ni Keifer kung bakit ako napunta dito. Kung hindi dahil sa mga naka-away nya na ako ang binabalikan, hindi mangyayari to! Pang-ilan na to?! Lagi nalang ba?!

"**Umalis na tayo dito.**" Bulong ko kay Percy.

Nag-nod nama sya at inalalayan akong sumakay ng kotse. Kita ko kung panung bumagsak ang balikat ni Ci-N habang nakatingin sakin. Umiwas ako agad ng tingin.

Nagpapasalamat ako sa pagpunta nila. Pero masakit pa rin sakin lahat ng nangyari. Pakiramdam ko naging laruan ako sa kanila. Sa lahat ng nangyaring problema pinagdaanan namin. Lahat yon, wala lang pala sa kanila.

"**Ihahatid na ba kita sa inyo?**" Tanung ni Percy habang pinapa-andar ang kotse. "**...para makapag-pahinga ka.**"

"**M-masyado pang maaga.**" Huminga ako ng malalim. "**...Mamaya**

nalang siguro."

Hindi na sya sumagot at nagpatuloy nalang sa pagmamaneho. Kahit hindi sya magsalita alam kong ramdam nya ang nararamdaman ko.

Nakakapagod kasi...

Nakakapagod madamay sa gulo nila. Nakakapagod ang ganitong....umaasa ako. Kahit hindi ko kilala ang mga kumuha sakin, may pakiramdam akong darating ang mga Ulupong na to para tulungan ako.

Dumating nga sila pero bakit parang napilitan lang sila. Sa paraan ng pagtingin sakin ni Keifer at Yuri pakiramdam ko hindi talaga nila gustong puntahan ako. Dahil ba nakonsensya lang sila?

"Wag ka iiyak."

Napatingin ako kay Percy ng sabihin nya yun. Sa daan sya nakatingin pero parang nasa akin ang atensyon nya.

"Sabi mo hindi mo na sya iiyakan."

Napayuko ako ng sabihin nya yon. Kakasabi ko lang non! Dapat hindi ko na sya iiyakan pa. Kahit anung mangyari sa kanya, sa kanila! Hindi na ko maglalabas ng luha.

Sa susunod na maipit ulit ako sa away nila, hindi ko na hihilingin na dumating sila para tulungan ako. Ako na mismo ang gagawa ng paraan. Para saan pa't kinilala akong basagulera sa dati kong school.

Hindi na ko aasa sa inyo, hindi na ko aasa sayo.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ++

Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 199

A/N: NO EDIT! Sorry for the wrong spelling and grammar.

LIKE OUR OFFICIAL FB PAGE!!!!
Ang Mutya ng Section E fb Page!

Game of Pain

Jay-jay's POV

"**Lapit na!**" Sigaw ko.

Tignan ko ngayon tapang nyo!

Bwisit tong mga lalaki na to! Umaga'ng-umaga gagalitin ako. Basta-basta nalang nila kong hinarang habang naglalakad papunta sa Mini Mart.

Kasalanan to ni Percy! Kung dun nalang nya ko sinundo sa harap ng bahay, hindi sana ganito. Hindi ko sana masasalubong tong mga panget na to.

Kakairita yung mga pagmumuka!

"**Tang'na! Walang nagsabi na marunong lumaban ang babae na to!**" Sabi nung isa.

"**Malay ko ba!**"

"Panu na yan? Panu natin sya makukuha?"

Makukuha?! Na naman?!

"Anung makukuha?!" Iritable kong tanung.

Napatingin ako sa binti ko ng may maramdaman akong kamay na humawak. Isa dun sa mga lalaking napabagsak ko kanina. Agad ko syang sinipa sa muka para bumitaw.

Knock out!

"Kukuhanin nyo ko?! Bakit?! Para magamit kay Keifer?!" Inis na tanung ko.

Walang sumagot. Nagtinginan lang sila na para bang naghihintay kung sinong magsasalita.

"Ano?! Walang magsasalita sa inyo?!" Galit na tanung ko at tinapakan yung muka ng isa sa kasama nila.

Muka kasi syang basahan!

"Oo na! Gagamitin ka nga namin para makaganti kay Keifer! Ikaw ang girlfriend----." Agad kong pinutol ang sasabihin nya.

"Hindi ako! Hindi nga naging kami eh!"

Taka nila kong tinignan. Alam ko namang hindi sila naniniwala dahil mga bugok sila. Lahat naman yata ng naabutan ng tsismis na yon hindi maniniwala sakin.

Bwisit kasi! Eto na naman kami...

Bakit ba kasi ako ang binabalikan ng mga kaaway nya? *La Punyeta!* Malakas ang kutob kong hindi ito ang huling kaaway nya na gagamitin ako. Malamang nga pati yung mga naka-motor dati kaaway din nya.

Bwisit ka talang Hari ng mga dimunyung Ulupong! Isinusumpa kita! Magsasara butas ng pwet mo!

Ako si Barakuda! Hhhaaaaahhhh!!

"**Hoy! Miss! Hindi kami tanga!**" Sigaw ng isa sa kanila. "**...Hindi mo kami maloloko!**"

"**Hoy! Mister! Tanga ka!**" Pang-gagaya ko sa sinasabi nya. "**...at hindi ko kayo niloloko!**"

Kita ko ang pagpipigil ng galit ng ilan sa kanila. Hindi lang sila maka-sugod dahil alam naman nila ang kahihinatnan nila. Apat na sa mga kasama nila ang napabagsak ko.

Masakit na ang kamao ko at nanginginig na ang kamay ko pero pilit kong tinatago yon sa mga hudlong na to. Apat nalang silang natitira pero hindi ko alam kung kakayanin ko pa.

Kailangang kayanin!

Bigla nalang sumugod ang isa sa kanila. Nabigla ako kaya hindi agad ako naka-porma pero naiwasan ko sya. Isang malakas na suntok sa sikmura ang ginanti ko sa kanya.

Napaluhod sya sa sakit kasabay ng pag-ubo na para bang lalabas na ang bituka nya. Tatlo nalang sila at pakiramdam ko naman makakayanan ko pa sila.

Asan ba kasi si Percy?!

Hindi man lang ata nag-aalala ang luko dahil wala pa rin ako sa meeting place namin. Samantalang nung kahapon hinanap nya ko. Nagpunta pa syang school.

Tinignan ko ng masama ang mga hudlong. Ganu na ba ko katagal na hindi nakikipag-away?! Para bang pagod na pagod na ko kahit pa-isa-isa lang naman ang sugod.

Bwisit! Nasanay kasi ako ng pinag-tatanggol nila ko. Nasanay ako na kapag may nanakit sakin, sila ang gaganti. Ngayon tuloy ako yung nahihirapan.

Dapat sanayin ko na yung sarili ko na ako nalang ulit. Parang sa dati kong school na ako lang yung lumalaban. Dahil hindi na sila

darating. Hindi na ko hihingi ng tulong sa kanila.

Bigla nalang pumorma yung isa. Akala ko susugod sya pero hindi pala. Hindi ako nakagalaw ng may braso pumalupot sa leeg ko. Mahigpit ang hawak nya at halos masakal ko.

"**Hawak ko na! Hawak ko na!**" Sigaw ng may hawak sakin.

Lalapit na sa akin yung iba. Masusukol ako at magagawa nila ang gusto nila kaya kailangan kong kumilos agad.

Kahit halos hindi na ko makahinga pinilit kong lumaban. Siniko ko ang tagiliran nya. Parang hindi sya naapektuhan nung una pero mas nilakasan ko pa ang paniniko. Sa huling pagsiko ko sa tagiliran nya, malakas na inda ang pinakawalan nya.

Lumuwag ang pagkakahawak nya kaya kinuha ko ang pagkakataon at kumawala. Sinundan ko din agad ng suntok sa muka nya kaya bumagsak sya.

Wala na kong sinayang na oras. Sobrang bilis ng pangyayari, para bang hindi ko na kontrol ang katawan ko. Sumugod ako sa mga natitirang nakatayo at maka-ilang ulit kaming nagpalitan ng suntok.

"**Aagghhh!!**" Sigaw ko kasabay ng huling suntok na binigay ko.

Bagsak na silang lahat. Habang nakatingin sa kanila, pakiramdam ko babagsak na rin ang katawan ko. Pagod na pagod ako at parang mauubusan ng hininga.

Napasandal ako sa pader para kumuha ng suporta.

"**Nice...**"

Nice mo muka mo!

Tinignan ko ng masama yung nagsalita na yon. Sino pa nga ba? Edi yung stepbrother kong pulpol.

"**Bwisit ka! Kanina kapa dyan?!**" Inis na sabi ko.

"**Medyo, medyo.**" Sagot nya nilapitan ako.

"**Muka mo medyo, medyo!**"

"**Medyo gwapo at medyo saksakan ng gwapo?**" Tanong nya habang kuwaring namamangha.

Ay ang kapal!

"**Medyo gago! At medyo tarantando!**" Sigaw ko bago umalis sa harapan nya.

Pagtawa lang naman nya ang narinig kong naging sagot nya. Ang lakas ng tama nya sa utak. Malala na siguro ang pagiging baliw nya.

Mabagal ang pag-galaw ko dahil sa sakit ng katawan ko. Sa totoo lang parang hinahanap nga ng katawan ko ang ganito.

"**Para kang hindi babae...**" Sabi ni Percy na nasa bandang likuran ko. "**...wagas makipag-away.**"

Napa-irap ako sa sinabi nya. Nakakahiya naman kasi sa kanya. Kalalaki nyang tao hindi nya ko tulungan. Parang back up ko man lang incase na hindi ko na kayaning makipag-away.

Kaso nanood lang sya sa halip na tulungan ako.

"**Ang bait mong stepbrother... Alam mo yun?**" Sarkastik na sabi ko.

"**Oo naman. Ako pa!**" Pagyayabang nya.

Makasira talaga ng mood ang isang to. Ang sarap talaga nyang iuntog sa pader. Kapag kaya ginawa ko yon, mawawala ang pagiging baliw nya?

"**Saan tayo nyan?**" Tanung nya.

Huminto ako sa paglalakad at tinignan sya. Wala talaga akong alam na pupuntahan. Sa Mini Mart sana kayalang nakakahiya sa crew, baka isipin ginagawa naming tambayan yung lugar nila.

"**Punta nalang tayo sa Kingsground.**" Aya ko.

Bigla nalang syang sumibangot. "**Tumigil! Yan ka na naman...**"

"**Eh saan tayo pupunta?**"

"**Sa Amusement Park!**" Buong galak nyang sagot.

"**Muka kang Amusement Park!**" Inis na sabi ko at nagpa-una ng maglakad.

Akala ko hihirit pa sya, kaya kahit na-uuna akong maglakad pinapaki-ramdaman ko pa rin sya. Nang mapansin kong parang wala na kong kasama, lumingon ako sa likod.

Nakahinto si Percy at nakatingin sa kabilang daan. Tinignan ko din yon at bumungad sakin ang hindi ko inaasahan. Si Freya na nakatingin din samin at si Ella.

Anung ginagawa nila dito?!

Handa na sana akong makipag-palitan ng masamang tingin sa kanila pero kusang umiwas si Freya at naglakad paalis.

"**Freya!**" Sigaw ni Percy at tumawid ng daan. "**...Sandali!**"

Wala akong nagawa kundi sundan sya. Naabutan nya si Freya pero halatang hindi to natutuwa na makita sya.

"**Mag-usap muna tayo... Please.**" Paki-usap nya.

"**Nag-usap na tayo, diba? Anu pa bang gusto mo?**" Walang buhay na sagot ni Freya.

"**Pina-alis mo ko nung nakaraan eh.**"

"**Dahil wala ng dapat pag-usapan!**"

"**Freya...**"

"**Please... Percy. Tama na!**"

"**Sige na... Huli na to. Hindi na ko ulit lalapit sayo. Mag-usap lang tayo ng maayos.**" Paki-usap ni Percy at kita ko ang pamumuo ng luha nya.

Malalim ang naging paghinga ni Freya at napapailing pa.

"**Huli na to. Wala ng kasunod pagkatapos nito.**" Inis na sabi nya.

Napatingin ako kay Ella ng mapansin kong nakatingin din sya sakin. Wala syang reaksyon. Para bang binabasa lang nya ang iniisip ko base sa galaw ko.

Kusa din naman syang umiwas at naglakad kasunod nila Freya at Percy. Hindi ko alam kung saan sila pupunta pero sumunod na din ako.

Hindi ko alam na nag-uusap na pala ulit si Freya at Percy. Wala naman kasi syang binanggit sakin pero sa itsura nya ngayon mukang hindi naging maganda ang huling pag-uusap nila.

Malungkot ang mga mata ni Percy samantalang si Freya puno pa rin ng kamalditahan. Pakiramdam ko tuloy may feelings pa rin si Percy sa kanya samantalang si Freya, galit lang ang nararamdaman.

Kapareho siguro ng naramdaman ni Felix nung magkita sila.

Nakarating kami sa isang park. Naupo si Percy at Freya sa isang bench, samantalang kami ni Ella nakatayo sa hindi kalayuan. Hindi namin naririnig ang pinag-uusapan nila.

"**Balita ko, hindi ka daw pumapasok.**" Sabi ni Ella dahilan para mapatingin ako sa kanya.

"**Anu naman sayo?**" Bored kong sagot.

Wala akong problema sa kanya. Sadyang lumalabas lang talaga ang kamalditahan ko ngayon. Lalu na kapag kaharap sya. Parang kelan lang nung sinabi nya yung totoo.

Nung sinabi nya na si Yuri talaga ang mahal nya!

Laking gulo ng nangyari na yun. Tapos nasalin sakin, umabot pa tuloy sa puntong ginamit ako para lang magantihan nung Hari. Galit na galit sya masyado kay Aries.

"**I'm trying to be nice here.**" Mataray na sabi nya.

"**Try harder.**" Sagot ko.

Inirapan nya ko sa sobrang inis. Halatang napipikon na sya. Hinihintay ko nalang na sugurin nya ko para sulit ang pang-iinis ko sa kanya.

Ella! Pikon! Pikon!

Binalik ko yung tingin kila Freya, nakatalikod sila samin. Napilitan akong maghanap ng bakanteng bench at maupo. Ang hindi ko lang maintindihan, ay ang pagsundo sakin ni Ella at pag-upo din sa tabi ko.

"**Sino may sabi sayong tumabi ka sakin?**" Iritable kong tanong.

"**Wala... Bakit kailangan ba may magsabi pa?**" Mataray nyang sagot.

Sasapakin ko na to!

"**Wag ka nga dito! Ayaw kita katabi.**" Pagtataboy ko sa kanya.

"**Mas ayaw kitang katabi. Ikaw ang umalis.**"

Anak ng tinapa! Gagalitin ako ng isang to. Gusto yatang masaktan ng di'oras.

"**Nauna ako dito, kaya ikaw ang umalis!**" Inis na sabi ko at bahagya syang tinulak.

"**Ikaw ang umalis!**" Sabi nya sabay tulak ng malakas.

Muntik pa kong masubsob sa lupa buti nalang at naka-tindig ako agad. Tinignan ko sya ng masama at sinabayan naman nya yun.

"**Tang----!**"

"**Sige! Magmura ka!**" Banta nya habang dinuduro ako.

"**TANG inumin mo wag MILO!**" Sagot ko at inikom agad ang bibig ko.

Hindi ako natatakot sa kanya! Nag-iingat lang! Baka kung anu

gawin nya sakin. Bwisit kasi!

Inirapan nya ko at umayos ng upo. Naglabas sya ng libro at nagbasa. Mainam naman yan para wag na nya kong pansinin.

Bakit ba kasi andito tong impakta na to? Magkasama sila ni Freya at parehong naka-uniform. Hindi sila pumasok. Tsk! Napaka-bait na istudyante.

Parang ako lang!

Nakaka-inip talaga ang paghihintay. Napilitan akong kuhanin ang cellphone ko sa bag. 68 messages at 32 missed call ang bumungad sakin. Simula nung araw na nalaman ko ang totoo, ganito na lagi ang inbox at missed call ko. Minsan higit pa o kaya naman ay mas marami ang missed call kesa sa messages.

Binuksan ko ang inbox at message ni Ci-N ang una kong binasa.

From: *Ci-N*
Message: *Nami-miss na kita...* 😭😭 *Nami-miss ko na yung Pakner ko!*

From: *Ci-N*
Message: *Inaawy nila ko... Wla akng tagpag-tanggol.*

From: *Ci-N*
Message: *Jay-jay! Psok kna! Jo-jowain dw ako ni Rakki kpg hnd ka pumsok! Hnd p ko ready... Virgin p ko!*

From: *Ci-N*
Message: *eEoWw ppFfoOowWwsss!*

From: *Ci-N*
Message: *My chocolate ako! Bbigyan kita kung ppsok kna.*

From: *Ci-N*
Message: *Si Percy nba ang bgo mong Mahal? Hnd na kami?*

From: *Ci-N*
Message: *Jay...*

Napatigil ako sa pagbabasa ng mapansin kong may patak ng tubig

sa screen ng cellphone ko. Dun ko lang napansin na galing pala sakin yun. Napaluha ako ng hindi ko namamalayan.

Eto na siguro yung isa sa kailangan kong isakripisyo. Para lang matapos na yung sakit na ginawa nila. Kailangan ko silang tiisin.

"**Kung nahihirapan ka ng ganyan. Bakit hindi mo sila kausapin?**" Sabi ni Ella habang nakatingin pa rin sa libro nya. "**...Hindi yung iiyak ka dyan kapag nabasa mo text nila.**"

Napasibangot ako sa sinabi nya. Tsismosa tong lokaret na to. Panu naman nya nasabi na sila nga ang nagt-text sakin.

"**Wag mo nga akong paki-alaman!**" Inis na sabi ko at hinarap ulit ang cellphone ko.

Sa pagkakataon na to, message naman ni Yuri ang binuksan ko. Sya kasi ang may pinaka-maraming text sa kanilang lahat.

From: *Yuri*
Message: *let's talk... Please.*

From: *Yuri*
Message: *Jay-jay... I need to talk to you.*

From: *Yuri*
Message: *I miss you.*

From: *Yuri*
Message: *Aishiteru*

Hindi ko na tinapos ang pagbabasa. Bigla nalang kasing sinara ni Ella ang libro nya ng padabog. Taka ko syang tinignan pero nakatingin lang sya sa kawalan.

"**Sabihin mo...**" Sabi nya ng hindi tumitingin sakin. "**...May pag-asa ba si Yuri sayo?**"

May pag-asa?

Tumingin ako sa ibang direksyon. Hindi na pumasok sa isip ko ang tanung na yan. Lalu nung inamin ko sa sarili ko na ang mahal ko

talaga ay yung Hari ng mga Dimunyung Ulupong.

"**H-hindi ko alam.**" Halos pabulong kong sabi.

"**Alam ko yung nangyari... Nakarating sakin yung ginawa nila sayo.**"

Hindi pa rin ako tumitingin sa kanya. Masyadong sariwa ang lahat para pag-usapan ngayon. Apektado pa rin ako kahit itanggi ko. Masakit pa rin sakin.

"**...Hindi sa kinakampihan ko sila. Pero sana pakinggan mo din yung paliwanag nila. Lalu na si Yuri...**" Parang nagmamaka-awa ang boses nya. "**...Naniniwala akong hindi nya kayang gawin yun.**"

Gusto ko ding maniwala!

Gusto'ng-gusto ko pero pano? Pano kung napatunayan na nila sakin na kaya nga nyang gawin. Ayoko ng pag-usapan pa. Tumayo na ko para sana ayain na si Percy pero agad na humarang si Ella.

"**Makinig ka muna.**" Mahinahon pero madiin nyang sabi.

"**Bakit mo ba ginagawa to? Hindi naman tayo magkaibigan para maging concern ka sakin ng ganyan!**"

"**Hindi ako concern sayo. Concern ako sa kanila. Nakikita ko sila... They are not the same Section E that i knew.**" Sabi nya nagpatigil sakin. "**...Althought nag-iba naman talaga sila buhat ng dumating ka.**"

"**Anu bang gusto mong sabihin?**" Mahinahon kong tanong.

"**Aaminin ko sayo, naiinggit ako sayo. Maybe until now I still do...**" Tumingin sya sandali kila Percy at muli akong hinarap. "**...Totoong mga basagulero ang Section E na kilala ko. Kahit sila sa loob ng room nag-aaway-away. Pero nung dumating ka...**" Yumuko sya. "**...Without any hesitation, pinag-tanggol ka nila. Bagay na hindi nila ginawa sakin. Nagkasundo sila bigla at minsan nalang magsuntukan sa loob ng room.**"

Kaya pala minsan nabanggit nila na hindi ganun ang ginawa nila nung nasa kanila pa si Ella. May kung anung kumiliti sa puso ko pero agad ding nawala yun ng maalala ko na.... *Bahagi lang ng pag-papanggap nila yun.*

"**They even smile while walking home at parang normal na magbabarkada na hindi ko pa nakikita sa kanila dati.**" Nagpilit sya ng ngiti. "**...Ang laki ng inggit ko sayo. Nasa akin ang atensyon nila dati pero hindi ko nagawa sa kanila yun tapos ikaw, sa sandaling panahon----ang laki ng epekto mo sa kanila.**"

Now i understand her. Kaya pala ganun ang ginawa nya kay Ci-N. Kaya gumawa sya ng paraan para sya ang mapag-bintangan dahil alam nyang apektado ako at maaring gumawa ng paraan.

Ibang klase! Ang talino nya!

"**Pero ngayon... Hindi na sila ganun.**" Nagtama ang tingin namin sa isa't-isa. "**...Nawalan na naman sila ng buhay. Laging nag-aaway at nagtatalo sa loob ng classroom. Tatlong teacher na ang tumanggi na turuan sila dahil nag-aaway-away sila habang nagka-klase.**"

"**A-at anung gusto mong gawin ko?**" May halong inis sa boses ko. "**...Pumasok ako at ipakitang okay na ang lahat? Gusto mong patawarin ko sila, ganun ba?**"

"**Pumasok ka at pakinggan mo ang paliwanag nila.**" Huminga sya ng malalim. "**...Bigyan mo din ng pagkakataon si Yuri.**"

Napasinghap ako ng di'oras. Bakit ba matay nyang ipagpilitan si Yuri? Inutusan ba sya ng red haired nerd na yun para sabihin lahat ng to?

"**Akala ko ba mahal mo pa rin si Yuri? Bakit mo sya pinag-pipilitan sakin?**"

"**Mali ako.**" Mabilis nyang sagot na bahagyang nagpa-taka sakin. "**...Akala ko din sya pa talaga pero...**" Bigla nalang may pumatak ng luha sa isang mata nya. "**...Nung nawala sakin si Aries dun ko**

na na-realize ang lahat."

W-wala na sila ni Aries?

Pero wala naman syang binabanggit kila Tita Gema. Hindi ko rin naman sila nakikita kaya wala akong balita sa kanila. Pero ang alam ko nung nasa ospital si Aries andun din si Ella. Kelan kaya sila naghiwalay?

"**Huli na para sakin at kay Aries. Masakit pero ganun talaga...**" Pinunasan nya ang pisngi. "**...wag ka sanang magaya sakin. Kinailangan pa nya kong iwan para ma-reliaze na mahal ko talaga sya.**" Ngumiti sya sakin na walang halong ka-plastikan. "**...Deserve din ni Yuri na maging masaya pagkatapos ng lahat ng pinag-daanan namin.**"

Unti-unti syang tumalikod sakin at naglakad paalis. Naiwan akong naka-tanga habang nakatingin sa kanya. Umurong ang dila at tapang ko ng ganun-ganun lang.

Sa kabila ng pagka-inis ko, naaawa pa rin ako sa kanya. Akala ko kasi talaga nung una si Yuri pa rin ang mahal nya dahil sa ginawa nyang pag-amin. Tapos ang ending Aries the horoscope na pala ang laman ng puso nya.

Yan kasi! Midnight convo pa kayo ah! Hah!hah!

Tinignan ko ulit si Ella at nakita kong kasama na nya si Freya. Ibig sabihin tapos na sila mag-usap. Agad kong hinanap yung Stepbrother kong baliw. Hindi naman ako nabigo dahil naka-yuko syang naglalakad palapit sakin.

Parang binagsakan ng langit at inginudngod sa lupa ang itsura nya. Bagsak ang mga balikat at kulang nalang umiyak sya ng malakas sa harap ko.

"**G-gusto mong magpunta sa Kingsground diba?**" Tanung nya ng hindi tumitingin sakin.

Oo sana, pero parang mas kailangan mo yun!

"**O-oo.**" Alanganin kong sagot.

"**Sige. Tara.**" Walang buhay nyang sabi.

Pakiramdam ko, kakailanganin ko ulit yung alak na ininom ko dati. Pero hindi para sakin, mukang para dito sa kasama ko.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 200

A/N: NO EDIT! Sorry for the wrong spelling and grammar.

Drunk Percy

Jay-jay's POV

Ayokong mag-inom ngayon. Wala akong gana at mas gusto kong isipin ng mabuti yung sinabi ni Ella sakin kanina.

Nagkamali sya...

Sa pagkakamali nya, nawala yung taong talagang mahal nya. Nawala na sa kanya si Aries sa pag-aakalang si Yuri pa rin ang mahal nya.

Ayoko sanang pakinggan ang mga sinabi nya. Anung paki-alam nya sakin at anung paki-alam ko sa kanya? Tapos masyado pa akong naa-apektuhan ng sinabi nya tungkol sa Section E.

Haaizztt!! Asar naman kasi!

"**Isha pa!**" Sigaw ni Percy dun sa bartender. "**...Ilabassshhh mo... lahat ng mahal... nyong... alak!**"

Napapailing nalang ako sa itsura nya. Konti lang daw iinumin nya. Eto yung konti nya, lasing na sya.

"**Tama na yan.**" Sabi ko at akmang kukuhanin ang baso nya pero agad nyang nilayo yun.

"**Wag!... Wag... Akin tu! You get yours.**" Sabi nya at tinuro nya ang alak sa istante.

Umiling ako sa Bartender para sabihin na hindi ako humihingi ng alak. Feeling ko nga nakikilala nya ko eh. Panay kasi ang tingin nya sakin.

Sabagay, ilang gabi pa lang naman ang nakakalipas buhat nung

huling punta ko. Kayalang naman ako bumalik ngayon dahil dito sa kasama kong baliw.

"**Nagmahal... Nashaktan... Nag-nom...**" Sabi nya habang pabagsak ang ulo.

Wala na... Bulol na!

Nahihiya na ko sa mga taong pinagtitinginan kami. Bukod kasi sa ang ingay-ingay nya ang gulo-gulo din nya sa kinauupuan nya.

"**Jay...**" Tawag nya sakin. "**...Nagmahal ka naba?**"

Parang hindi nya alam yung sagot ah?

Hindi na ko sumagot. Hinayaan ko nalang syang magpatuloy. Muka kasing maglalabas na sya ng sama ng loob.

"**Akala ko... tatanggapin pa rin... nya ko.**" Nag-simula ng bumagsak ang luha nya. "**...A-ayaw nya sakin.**"

Kumuha ako ng tissue na malapit lang samin. Inabot ko yun sa kanya at kinuha naman nya para punasan ang luha at sipon.

Muli syang sumenyas sa Bartender ng isa pang alak. Sinalinan sya nito sa baso.

"**Huli na yan. Wag ka na umorder.**" Sabi ko at nginitian nya ko.

"**Concern ang kapatid ko sakin.**" Pang-aasar nya.

Hindi noh! Ayoko lang magbuhat ng lasing.

Inirapan ko nalang sya at sandaling tumingin sa dance floor. As usual, marami pa ring tao. Nagsasayaw kasabay ng malakas na music.

Binalikan ko ng tingin si Percy at kasalukuyan nyang tinititigan ang basong hawak.

"**Ang ganda nya...**" Seryosong sabi nya. "**...ang ganda-ganda nya.**"

Ako ba yon?

"**...Nung unang beses ko syang makita, sabi ko '*magiging akin sya*'. Hindi naman ako nabigo...**" Ngumiti sya na parang kaharap nya yung sinasabi nya. "**...nagpa-practice sila ng sayaw nun tapos natanggal yung ipit nya sa buhok. Tumalsik sa paanan ko. Balak ko sanang iuwi kayalang nakita nya ko.**"

Mukang ang lakas ng tama nya kay Freya.

"**...Ang ganda nung boses nya nung kinausap nya ko...**" tinungga nya yung basong may alak. "**...Ang tagal ko syang pinagmasdan. Naging stalker pa ko ng ilang linggo bago nagkalakas ng loob.**" Bahagya syang tumawa. "**...dun ko nalaman na marami pala kaming may gusto sa kanya.**"

Balita ko nga pantasya nga daw sya ng bayan.

Naubos na nya yung laman ng baso. Sinenyasan nya yung Bartender pero agad kong pinigilan. Umiling ako sa kanya bilang pagsenyas ng '*hindi na*'.

"**Umuwi na tayo...**" Aya ko sa kanya.

"**Mamaya na... Maaga pa.**" Sabi nya ng may paki-usap.

Tumayo ako mula sa kinauupan kong stool at nilapitan sya. Hinawakan ko ang braso nya para akayin sya. Sa sobrang kalasingan hindi na sya nakapalag pa.

Hinarap ko muna yung Bartender. "**M-magkano?**"

Umiling sya sakin. "**Nakalimutan mo naba? Libre kayo dito ni Boss.**" Sabay turo sa opisina ni Tiger.

Libre?! Kingina! Sana sinabi nyo agad!

Shutanginames! Sana sinamantala ko na yung libre na yon. Hindi naman kasi nilinaw sakin na forever na pala yun. Akala ko nung nakaraang gabi lang.

Nginitian ko nalang sya at nagpasalamat. Inalalayan ko na si Percy

na maglakad. Habang naglalakad sa gitna ng maraming tao panay ang kembot nitong baliw kong Stepbrother. Nahihirapan tuloy ako!

"**Wag ka malikot!**" Sigaw ko sa kanya.

Nahihirapan na nga akong alalayan sya dahil sa dami ng tao tapos maglilikot pa sya. Ang sarap nyang batukan.

Nakalabas na kami sa pinto. Hingal na hingal ako dahil sa kanya. Matinding pahirap sakin tong lalaki na to!

"**Bwisit ka! Pahirap kang animal ka!**" Sigaw ko sa kanya.

Bigla nalang nyang tinaas ang isang daliri nya at kumanta.
"**🎶...Just like animals, animals... Awwoooohhhh!🎶**"

Wala na! Malala na to!

Sandali kong tinignan ang paligid. Walang dumadaang taxi. Madilim na din at sa tantsa ko 10pm na. Lagot ako nito kay Kuya Angelo.

Hindi na kasi dinala ni Percy ang kotse nya dahil atat na syang makapunto dito. Pumara nalang bigla ng taxi sa daan kanina.

Sinandal ko muna sya sa pader at muli akong sumilip sa daan. Mukang wala akong choice kundi ang tumawag ng susundo samin. Kinuha ko yung cellphone ni Percy sa bulsa nya.

"**Bakit mo ko hinihipuan?! Manyak!**" Sigaw nya.

Ay putarages!

Agad ko syang binatukan dahil sa ingay nya. Anu nalang iisipin sakin ng makakarinig sa kanya. Ako pa ngayon ang manyak, feeling naman nya may makakapa ako sa kanya.

"**Kinukuha ko cellphone mo! Gago'ng to... Ingay-ingay ng bunganga mo!**" Inis na sabi ko.

Nakanguso naman sya habang hinihimas ang batok. Sa inis ko, cellphone ko nalang ang kinuha ko sa loob ng bag. Sana lang may

load pa kong pwedeng ipangtawag.

Habang nagpipindot sa cellphone ko, etong Percy panay naman ang kalabit sakin.

"**Anu ba?!**" Inis na sabi ko. "**...sisipain kita.**"

"**May joke ako, pakinggan mo.**" Sabi nya at tumawa. "**...Anu tawag sa Nanay na saging?**"

"**Eh?!**"

"**Mali!**" Sabi nya at nagtatawa. "**...Bananay!**"

Facepalm!

Kaya ko to! Kakayanin ko to! Marami na kong pinagdaanan kaya alam kong malalagpasan ko to. Kahit Korni mabubuhay ako!

Umarte akong walang naririnig. Binilisan ko ang paghahanap sa pangalan ng pwede kong tawagan. Si David ang una kong naisip pero ng subukan ko na syang tawagan, isang ring palang pinatay na ang tawag ko.

Baka busy?

Kung hindi sya pwede, eh sino? Wala na kong ibang alam. Hindi ko naman kilala yung kasama nito sa bahay at wala din akong number nila para tawagan sila.

Si Felix kaya?

Tsk! Hindi sa nagmamatigas ako o kung ano pero parang hindi rin sya makakatulong sakin ngayon. Muli na naman akong kinalabit nitong kasama kong baliw.

"**Anu na naman?!**" Inis na sabi ko.

"**Anu tawag sa test ng mga itlog?**" Tanung nya habang natatawa.

Eto na naman po sya!

"**Tsk!**"

"Edi egg-xam!" Sagot nya at nagtatawa na mag-isa.

Kaya ko to! Kakayanin ko to! Kakayanin ko kahit korni! Jusme! Kaunti nalang yata inuuntog ko na ulo ko sa pader dahil sa isang to.

Sa sobrang inis ko hindi ko namalayan na napindot ko na yung '*Call*' sa tapat ng pangalan ni Felix. Huli na bago ko pa ma-cancel dahil nasagot na nya.

["*Hello? Jay?*"] Dinig kong sabi ni Felix.

Tinignan ko ng masama si Percy na patuloy pa rin sa pagtawa. Sya may kasalanan nito eh. Wala akong choice kundi ang kausapin na si Felix. Sayang ang load ko kung hindi ako magsasalita.

"F-felix."

["*Jay-jay... Bakit? May problema ba?*"]

"Papasundo lang sana kami sayo dito sa Kingsground."

Sandaling katahimikan ang narinig ko bago sya muling nagsalita.
["*Sige. Papunta na kami*"]

Balak ko pa sanang itanung kung sinong '*kami*' ang tinutukoy nya, kayalang agad nyang pinatay ang tawag. Nagkibit-balikat nalang ako.

Binalik ko na yung cellphone ko sa bag. Tatabihan ko na sana si Percy sa pagkakasandal sa pader pero may tatlong lalaki ang lumapit samin.

"Hi Miss!" Bati nung pinaka-matangkad sa kanila. **"...Anung ginagawa ng magandang katulad mo dito?"**

Natutulog po!

Bubuka pa lang sana ang bibig ko para sumagot at paalisin sila pero inunahan na ko ng Baliw na Percy na to.

"Eto maganda?" Tanung nya dun sa mga lalaki habang nakaturo sakin. **"...Eh naloko kayo!"**

Taka naman kaming nakatingin lang sa kanya. Halatang hindi na sya makatayo ng tuwid dahil sa kalasingan.

"**Lasing kana Bro...**" Sabi nung isang lalaki kay Percy.

"**Ako?! Lassshhhing?! Hindi no!**" Mayabang nyang sagot.

Napapailing nalang ako habang nakahawak sa muka. Nakakahiya na sya sa ibang tao.

"**Miss... Boyfriend mo ba yan?**" Tanung nung lalaking kaharap ko.

Mabilis akong umiling. "**Stepbrother ko yan.**"

"**Miss? Sinong Miss?**" Sabi ni Percy at pumagitna pa samin nung kausap kong lalaki. "**...Eto Miss? Hindi Miss to! Mister to!**"

Hinayupak! Ginawa pa nya kong lalaki ngayon.

Nagtawanan naman yung mga lalaki kahit halatang hindi sila naniniwala sa kanya.

"**Transginger to Bro! Transginger!**" Dagdag pa nya at tuluyang lumakas ang tawanan nila.

Suko na ko!

Iuuntog ko na talaga ang ulo ko sa pader. Hindi ko na kaya ang kabaliwan nya. Akala ko matitiis ko pa ang kakornihan nya pero ibang level na to.

"**Ibang klase... Mukang kailangan mo ng iuwi tong kasama mo.**" Sabi nung isang lalaki sakin.

Nag-nod naman ako bilang pag-sang-ayon. "**Pag-pasensyahan nyo na.**"

"**Ok lang... Napatawa naman kami.**" Sabi nung kaharap ko. "**...sige ah? Kailangan na naming pumasok sa loob. Kung kailangan mo ng tulong dyan sa kasama mo, tawagin mo lang kami sa loob.**"

Parang mahahanap ko kayo agad sa loob ah?

"**Sige... Salamat.**"

Ngumiti naman sila at naglakad na paalis. Nakalayo na sila at dun lang ata napag-tanto ni Percy na naka-alis na yung mga lalaki.

"**Uy! Asan sila?! Ipaparinig ko yung pamatay kong joke.**" Sabi nya at panay ang tingin sa paligid.

Pilit ko syang binatak at pinabalik sa pader na sinasandalan nya.
"**Wala na! Alam kasi nilang korni kaya nilayasan kana!**"

Napayuko sya habang naka-pout. "**Ay...**"

Kung ganito ng ganito tong sira-ulo na to, hindi'ng hindi ko na sya papainumin ng marami. O kaya naman hindi ako sasama sa kanya. Baka maaga akong magpatiwakal dahil sa kakornihan nya.

"**Sayo ko nalang sasabihin ang joke ko!**" Buong sigla nyang sabi.

Ay wag na!

"**Manahimik ka na nga!**"

Hindi naman nya pinansin ang sinabi ko. Nagsimula na naman syang magtatawa mag-isa.

"**Anu tawag sa may pakpak na kabayo?**" Sabi nya at nagtatawa na naman.

"**Tsk!**"

"**Tanga! Pegasus yun...**" Sabi nya at mas lumakas pa ang tawa.

Tama na po... Please...

Nakikiusap ako, sana po dumating na yung sundo namin. Sa sobrang kakornihan nitong kasama ko baka magbigti nalang ako bigla.

"**Eto pa! Eto pa!**" Sabi nya habang pinipilit pigilan ang tawa.
"**...Anu tawag sa lumilipad na langgam?**"

Nilapit nya ang muka nya sakin at halatang hinihintay yung magiging linya ko sa punyetang joke nya. Gusto ko ng matapos tong kakornihan nya kaya pinag-bigyan ko na.

"**Ano?**" Bored kong tanong.

"**Ewan ko... Kaya nga tinatanung ko sayo eh!**"

Tengene! Suko na ko talaga!

Magpapa-sagasa na lang ako sa Ten wheeler para walang ligtas. Hindi ko na talaga kaya ang kakornihan nya. Mas nakaka-depress pa yung korni nyang joke kesa sa mga nangyari sakin.

"**Haha... Nakakatawa talaga mga joke ko. Ang gwapo ko kasi.**" Sabi nya at kinindatan pa ko.

Bigla nalang akong napatawa ng malakas. "**Hahahahaha... Sa lahat ng joke mo yan ang benta.**"

Tawang tawa ako habang napapahampas pa sa hita ko. Matagal bago ako tumigil at dun ko lang napansin na hindi na sya kumikibo habang seryosong nakatingin sakin.

"**Walang joke sa sinabi ko.**"

"**Meron... Yung '*gwapo ka*'! Tang'na! Benta talaga sakin!**" Sagot ko at tinawanan na naman sya.

Inirapan nya ko sabay cross arm. "**Hindi kita bate. Inaaway mo ko!**"

Napailing nalang ako sa itsura nya. Sa wakas! Natapos din ang kakornihan nya. Akala ko mapipilitan akong magpatiwakal dahil sa kanya.

Hahahaha... Pikon din pala to!

Nakarinig kami ng busina ng sasakyan. Sabay pa kaming lumingon at may SUV'ng nakahinto sa harap namin. Bumukas ang pinto sa passenger seat at lumabas si Felix.

Umayos na ko ng tayo at aalalayan na sana si Percy para makasakay sa kotse pero napatigil ako dahil sa taong lumabas mula sa drivers seat.

Kaya pala 'kami', kasi kasama nya tong isa pang Gago!

"**Jay-jay.**" Tawag sakin ni Yuri.

Tanging pagtitig lang sa kanya ang naging sagot ko. Mukang nahalata naman nya na hindi ako masaya na makita sya dito. Bahagya pa syang yumuko para iwasan ang tingin ko.

"**Hoy! Palito!**" Sigaw ni Percy dahilan para mapatingin kami sa kanya. "**...Umaano ka dito?!**"

Kay Yuri sya naka-tingin habang sinasabi yon. Tinangka nyang lapitan pero dahil sa kalasingan muntik na syang tumumba. Agad syang napayakap sakin para maka-kuha ng suporta.

"**U-umayos ka! Ang bigat mo!**" Sabi ko at pilit syang tinatayo.

Lumapit na rin si Felix para tulungan akong maitayo sya ng maayos.

"**Ilapit mo ko kay Palito! Babanatan ko yan!**" Sabi nya at pilit humahakbang.

Palito?!

"**Tumigil kana nga!**" Sabi ni Felix.

Tinignan naman sya ni Percy. "**Kakampi kana rin nya ngayon?! Pati ikaw sa kanya na rin?!**"

"**Lasing kana Kuya! Dun ka muna samin!**" Pag-iiba ni Felix.

"**Tinatanung kita! Kakampi ka ba ng Gagong to?!**" Sigaw nya at napahinto kami.

May kakaiba kasi sa pagsigaw nya na yon. Para bang may pinang-huhugutan sya ng galit. Tinignan ko si Yuri pero wala naman syang reaksyon.

"**Percy... Tama na.**" Sabi ko at pilit syang hinatak pero hindi sya tumitinag. "**...Percy.**"

"**Lahat nalang ba?! Lahat nalang kukuhanin mo sakin?!**" Galit na sabi ulit nya.

Pinilit nyang humakbang palapit kay Yuri. Kahit anong pigil namin patuloy pa rin sya at tanging pag-alalay lang ang nagawa namin sa kanya. Hindi pa nakakalapit ng husto inaabot na nya ang kwelyo ni Yuri.

"**Tumigil ka na Percy!**" Pag-awat ko.

Wala namang ibang ginagawa si Yuri kundi ang hayaan sya. Nanood lang sya samin, sa halip na lumayo hindi sya gumagalaw. Madaling nahablot ni Percy ang kwelyo nya.

"**Ano?! Asan ang yabang mo?! Yuri'ng duwag!**" Sigaw ni Percy sa mismong muka nya.

Pinilit namin ni Felix na alisin ang kamay nya. Masyadong mahigpit ang hawak nya at panay din ang yugyog nya kay Yuri.

"**Tama na Kuya!**" Sigaw ni Felix pero wala na syang pinapakinggan.

"**Masaya ka na ba?! Ha?! Nakuha mo na yung dapat na sakin! Yung tiwala ni Keifer! Yung kapatid ko! At si Freya!**" Sabi ni Percy na nagpagulo sakin.

Hindi ko maintindihan yung ibig nyang sabihin. Sinasabi nyang kinuha ni Yuri yung para sa kanya.

"**Wala akong kinukuha sayo.**" Mahinahong sagot ni Yuri. "**...pinilit kong protektahan lahat ng iniwan mo.**"

"**GAGO! Protektahan?! Pagprotekta ba yung ginawa kay Freya?!**"

Alam din pala nya yun.

"**H-hindi ko sinasadya yun.**" Mahinang sagot ni Yuri.

Bigla nalang sinuntok ni Percy ang muka nya. Nataranta ako at naguluhan sa gagawin. Hindi ako lasing pero parang wala ako sa sarili.

Bumagsak si Yuri, susundan pa sana ng suntok ni Percy pero pumagitna na si Felix. Dahil na rin sa kalasingan kusang bumagsak an katawan nya at parang napagod din sa ginawa.

Tumayo si Yuri habang pinupunasan ang labing may dugo. Tumingin sya sakin bago yumuko. Ewan ko, pero parang hindi na sya yung Yuri'ng nakilala ko, yung naging crush ko at nag-aya saking magpakasal.

Parang naging ibang tao na sya.

Hindi ako nanghihinayang na ganito kami. Dahil kung tutuusin kasalanan nilang mag-bestfriend kung bakit kami ganito ngayon. Kaya kung dapat may makaramdam ng ganito, hindi dapat ako yun. Sya yun!

Tinulungan kong itayo si Percy. Gusto ko ng umuwi, gusto ko ng makalayo sa kanila.

"**Umuwi na tayo.**" Sabi ni Felix.

"**Hindi! Hindi pa ko tapos dyan sa Palito na yan?!**" Sigaw ni Percy habang nagpupumiglas.

Buong lakas ko syang hinatak palapit sa kotse. Ganun din ang ginawa ni Felix kaya kahit nagpupumiglas sya naisakay pa rin namin sya. Ako na ang naupo sa tabi ni Percy. Sa passenger seat naman si Felix at si Yuri ang driver.

"**Si Freya...**" Dinig kong bulong ni Percy at bigla nalang bumagsak ang ulo sa balikat ko. "**...ayaw na nya sakin.**"

Napatingin ako sa salamin sa harap. Nakita kong nakatingin din sakin si Yuri mula don. Inirapan ko sya at muling binalingan si Percy.

Naging tahimik kami sa buong byahe. Except syempre kay Percy na hinahamon pa rin ng suntukan si Yuri. May pagkakataon pa na

lumilipad ang kamay nya at muntik na ko tamaan.

Anak nang... Isa pa! Susuntukin ko to!

Pagdating sa bahay nila Felix, nasa gate ang mama nya at mukang inaabangan na talaga kami.

"**Mama...**" Bati ni Felix pagbaba nya.

Sandali silang nag-usap habang naiwan kaming tatlo sa loob. May pagkakataon na tinitignan na naman ako ni Yuri pero pinipili kong wag syang pansinin.

Lumapit si Felix at Mama nya sa pinto ng back seat kung nasan kami. Binuksan nila yun at pinagtulungan na hatakin si Percy. Kusa din naman syang bumangon ng makita kung sino ang humahatak sa kanya.

"**Mama!**" Sigaw ni Percy at sinalubong ng yakap ang stepmother nya. "**...namiss kita Mama!**"

Bahagyang natawa yung Mama ni Felix. "**Parang isang linggo pa lang yung huling pagkikita natin ah?**"

"**Para sakin isang taon na yung nakakalipas.**" Sagot ni Percy habang nakatawa din. "**...Tabi ulit tayong matulog nila Felix.**"

"**Ayaw kitang katabi!**" Mabilis na protesta ni Felix.

Napangiti ako sa itsura nilang tatlo. Kahit hindi nila kadugo si Percy hindi naman sya naging ibang tao sa kanila. Lalu na kay Felix, kahit hindi nya sabihin ramdam kong masaya din sya na makita ang kapatid.

Mama na nila ang umakay kay Percy papasok sa bahay. Hinarap kami ni Felix at nagpasalamat. Hinintay muna namin syang maka-pasok sa bahay bago tuluyang umalis.

Yung super nakaka-ilang! Eto yun eh!

Katahimikan ang nangingibabaw samin. May pagkakataon na sinusulyapan namin ang isa't-isa pero agad ding iiwas. Muka

kaming ewan sa ginagawa namin. Bakit ko nga ginagawa to?

Huminto sya sa tapat ng mismong bahay namin. Hindi ko na hinintay na pagbuksan nya ko kahit agad syang bumaba para gawin yun.

"**S-salamat.**" Sabi ko at naglakad na.

"**Jay-jay.**" Tawag nya sakin kaya huminto ako at tinignan sya. "**...A-ano...K-kasi.**"

Napatingin ako sa gilid ng labi nya. Namumula na kasi at mukang nagsisimula ng maging pasa. Lumingon ako sa bahay at nakapatay na yung ilaw sa ibang bahagi. Mukang tulog na sila.

"**Pumasok ka muna.**" Aya ko sa kanya.

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nya. Pumasok ako sa loob at hindi rin naman nagtagal sumunod din sya. Sa kusina ako dumiretso. Binuksan ko ang ilaw at hinanap ang icebag.

Matapos mahanap nanguha agad ako ng yelo at nilagay sa loob non. Lumapit ako sa kanya na kasalukuyang nakaupo. Idinikit ko yung icebag sa muka nya.

Hinayaan nya ko nung una pero laking gulat ko ng tignan nya ko at kasabay nun ang paghawak nya sa kamay kong naka-hawak din sa icebag. Sinubukan kong alisin yung kamay ko pero humigpit ang hawak nya sakin.

"**Y-yung kamay ko...**" Sabi ko.

Hindi sya sumasagot. Titig na titig sya sakin habang nakahawak pa rin sa kamay ko. Nag-uumpisa na kong mainis.

"**Yuri yung----.**"

"**I miss you.**" Putol nya sa sasabihin ko.

Buong lakas kong hinatak ang kamay ko dahilan para mahulog yung icebag. Tinignan ko sya ng masama.

"**Pwede ka ng umalis.**" Sabi ko.

Hindi sya gumalaw. Nanatili sakin ang tingin nya at para bang nagsusumamo. Maling pinapasok ko pa sya dito. Pina-iral ko na naman kasi yung awa ko.

"**Jay... Please.**" Sabi nya at humakbang palapit sakin. "**...let me explian----.**"

"**Yuri.**" Putol ko sa sasabihin nya. "**...gusto ko ng magpahinga.**"

Hinawakan nya ulit ang kamay ko. Wala na kong lakas para makipag-talo. Lalu lang akong nahihirapan ng ganito.

"**Mag-usap tayo, please.**" Paki-usap nya.

Hindi ko alam kung handa na kong marinig ang mga sasabihin nila.

Umiling ako, handa na sana akong sumbatan sya sa lahat ng nangyari pero bigla nalang pumasok si Aries sa kusina at masama ang tingin sa amin.

"**What are you doing here?**" Seryosong tanung ni Aries.

Binawi ko agad ang kamay kong hawak ni Yuri. Umiwas din ako ng tingin sa kanila. Pakiramdam ko magsisimula na naman sila ng away dito kaya mabilis akong kumilos. Kinuha ko yung icebag sa sahig at nilagay yun sa gilid ng lababo.

"**Ihahatid ko lang si Yuri sa labas.**" Walang gana kong sabi at pilit hinatak si Yuri palabas.

Pagdating sa gate huminto na ko at pinanood syang lumabas. Malungkot ang mga mata nya habang nakatingin sakin. Hindi ko na sya binigyan ng pagkakataon magsalita.

H-hindi pa ko handa.

Sinara ko agad ang gate at pumasok na sa loob ng bahay. Dumiretso ako sa kwarto ko at halos pabagsak akong nahiga. Ayokong naging rude kay Yuri pero hindi ko mapigilan.

Why you ganna be so rude? Don't you know i'm human too...

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 201

A/N: NO EDIT! Sorry for the wrong spelling and grammar.

Angelo's rule

Jay-jay's POV

Sabado nga pala ngayon. Wala pasok, kaya dapat walang gigising sakin ng maaga. Ang hindi ko maintindihan ay ang pagbukas ng pinto ng kwarto ko na halos ibalibag na ng kung sino at naging dahilan yun para magising ako.

Tinignan ko yung Hudas----kung sino man sya----na nagbukas ng pinto ng kwarto ko. Palibhasa sira na yung doorknob kaya madali ng mabuksan.

Si Aries... Kayalang Taurus ako eh!

"**Bumangon kana daw at mag-almusal.**" Inis na sabi nya sakin at agad ding lumabas.

"**Abnormal.**" Bulong ko sa unan.

Napilitan akong bumangon agad kahit sa totoo lang gusto ko pang magpaka-lunod sa kama. Marami pa naman sana akong balak gawin ngayon; matulog, matulog, matulog at matulog.

Sa banyo ako dumiretso para mag-ayos. Nagpalit na rin ako ng damit bago tuluyang lumabas ng kwarto. Pagdating sa Dining, kumpleto sila----and that's include Kuya Angelo.

Patay...

Masama ang tingin nya sakin. Alam ko namang nakarating na sa kanya yung hindi ko pagpasok ng school. One week, solid yun! Kaya solid din ang parusa nya sakin, sigurado ako.

"**Jay...**" Tawag sakin ni Mama pag-upo ko. "**...samahan mo kami ng Tito Andy mo. Titignan namin yung magiging bahay**

namin."

"**Hindi ba kayo makaka-lakad ng wala ako?**" Bored kong tanung.

"**Jay!**" Sita sakin ni Kuya.

Wala na ba kong kakampi dito sa bahay? Si Tita Gema sana pero hindi naman sya maka-kontra kay Mama. Si Lola sana pero umuwi na sya ng probinsya.

Ako nalang talaga mag-isa...

Napayuko nalang ako habang kumakain. Hindi ako maka-palag sa kanila. Mukang mapipilitan talaga akong sumama sa trip nitong Mama ko at bagong asawa nya. Wala naman na sigurong lalala pa sa pangyayaring to.

"**Sasama ka din Aries.**" Dagdag ni Mama.

Whaaaaaaaatttt?!

"**Ayoko nga.**" Mabilis na sagot ni Aries.

Ayoko din!

"**Sumama ka Aries.**" Utos ni Kuya. "**...Kung ayaw mong bawiin ko ang kotse mo.**"

Kita'ng kita ko kung panung huminga ng malalim si Aries para pagilin ang galit. Gusto kong matawa ng malakas. Yung pakiramdam kasi ng hindi lang ikaw yung madalas kinakagalitan sa pamilya.

Pero ayoko talaga syang kasama.

"**Kasama naman pala sya baka pwedeng hindi na ko sumama?**" Tanung ko at agad na nagsalubong ang kilay ni Kuya.

"**Sasama ka.**" Utos nya.

Hinintay ko kung may kadugtong ba yung sasabihin nya kagaya kay Aries. Pero mukang wala syang maidugtong. Wala akong kotse na

pwede nyang bawiin, hindi nya pwedeng liitan ang baon ko dahil nanghihingi ako ng pera kay Percy----*oo, hinihingan ko sya!*----wala rin naman syang mapapala kung paghihigpitan nya ko dahil madalang sya umuwi ng bahay.

"**Panu kung hindi?**" Hamon kong tanong.

Tinitigan ako ng masama ni Kuya. Para bang nakuha nya yung paghahamon na ginagawa ko sa kanya.

"**Kung hindi ka sasama...**" Panimula nya at bigla nalang pumungay ang mata. "**...Sa kwarto ka ni Aries matutulog.**"

WHAAAAAAATTTTTTT?! AYOKO! AYOKO! AYOKO!

"**Sabi ko nga sasama na nga.**" Mabilis kong sagot at binalik ang atensyon sa pagkain.

Walang sunod na nagsalita pagkatapos non. Bumalik din agad ako sa kwarto para maligo at mag-ayos. Hindi ko alam kung saan kami pupunta pero nagdala na rin ako ng pera----*just in case mabuset ako sa kanila, layasan ko sila.*

Halos sabay lang kami ni Aries na lumabas ng pinto ng mga kwarto namin. Hindi nya ko tinignan at tuloy-tuloy na naglakad. Alam ko namang ayaw nya kong makasama. Quits lang kami, ayaw ko din syang kasama.

"**Ready na kayo?**" Bungad samin ni Andy'ng epal.

"**Yes... I'm ready.**" Buong galak na sabi ni Mama habang pumapalakpak.

Wala kaming naging sagot ni Aries. Pareho kaming mukang bored at halatang badtrip.

Nice! Makikita ang pagkaka-pareho namin.

"**Ingat kayo sa byahe.**" Sabi ni Tita at hinalikan si Aries sa pisngi.

Niyakap naman nya ko na muntik ko ng hindi tanggapin. Hindi ako galit sa kanya, may tampo lang ako dahil sa mga nangyari pero

ayoko namang iparamdam sa kanya yun. Sya na nga lang kakampi tapos itataboy ko pa.

Sumakay na kami sa SUV ni Andy. Sa backseat kami naka-upo nitong kapatid kong Horoscope. Medyo malayo kami ni Aries sa isa't-isa at pareho ding naka-siksik sa tabi ng pinto.

Para kaming may sakit at parehong lumalayo sa isa't-isa.

Sabagay may sakit naman sya talaga. Sakit sa baga at utak. Ang lakas kasi ng tama nya, nakakapikon na minsan.

Habang umaandar ang kotse panay ang kwentuhan ni Mama at Andy. Tungkol sa magiging kasal nila syempre. Nag-uumpisa na kong marindi kaya agad kong kinuha yung headset ko at sinalpak sa tenga. Tinodo ko din yung volume para solid.

Makalaglag tulok na music, syempre.

Tatlong oras ang naging byahe namin papunta sa sinasabi nilang magiging bahay nila. Salamat sa traffic at umabot ng tatlong oras ang byahe----*wow ha!*

Sa isang exclusive subdivission kami duniretso at huminto sa tapat ng isang simple pero magandang bahay. Hangang second floor ang bahay. Sa unang tingin bagay sa mga bagong kasal ang bahay. Hindi kalakihan at hindi rin ganun kaliit, sapat lang.

Tinanggal ko yung headset ko at bumaba na ng kotse. Kasunod kong bumaba si Aries na salubong pa rin ang kilay hangang ngayon.

"**Maganda ba?**" Naka-ngiting tanung ni Mama. "**...Ang Tito Andy mo ang nag-design nyan.**"

Talaga?! Designer pala ang epal.

"**Architect sya?**" Tanung ni Aries.

Designer nga ng bahay!

"**Oo... Sa ngayon, I'm handling our own firm.**" Sagot ni Andy.

"**Anu yung Architect?**" Wala sa sarili kong tanong.

Si Andy na sana ang sasagot ng tanung ko pero nukang epal din tong Aries na to.

"**Nagdedesenyo ng utak para sa mga tanga'ng kagaya mo!**" Inis na sabi nya sakin.

Nagsalubong ang kilay ko sa sinabi nya. Nagtatanung ako dahil hindi ako sigurado pero hindi ibig sabihin non, TANGA ako.

"**Oh talaga?**" Sarcastic na tanung ko. "**Tutal matalino ka, anung kapalaran ko ngayon?**"

"**Kapalaran?**" Takang tanung nya.

"**Hindi ba Horoscope ka.**"

Halatang napikon sya sa sinabi ko. Alam siguro nya ang ibig kong sabihin. Bigla nalang inamba ang kamay nya para mambatok pero bago pa makalapit sakin yun inakbayan kami pareho ni Mama.

"**Picture!**" Sigaw nya at isang click ng camera ang nadinig ko.

Ay badtrip!

Kingina! Anung itsura ko don? Pakiramdam ko muka akong tanga don. Lalapit sana ako kay Andy para agawin yung cellphone nya pero binuksan nya yung gate ng bahay at pumasok.

"**Tara na! Tara na!**" Aya samin ni Mama.

Sumunod si Mama kay Andy at naiwan kami ni Aries sa labas. Tinignan ko sya ng masama. Kasalanan nya kung bakit muka akong tanga sa picture na yun.

"**Buset ka.**" Bulong ko pero mukang narinig din nya.

"**Mas buset ka!**" Inis na sabi nya.

"**Horoscope!**"

"**Tomboy!**"

"Bakla!"

"Panget!"

"Mas panget ka!"

"Anung oras nyo balak huminto?" Singit ni Mama habang iritableng nakatingin samin.

Hindi na ko sumagot. Nagpa-una na kong pumasok sa gate ng bahay. Malalaki ang hakbang ko palapit sa mismong pinto. Huli ko na napansin na malawak pala ang bakuran at may garahe din pero hindi pa ayos.

Nasa pinto si Andy at hinihintay kami. Cross arm akong huminto at tinignan sila Mama na kasunod ko.

Buset kasi!

Bakit pa nga ba ako sumama dito? Wala naman kaming gagawin dito. Badtrip kasi si Kuya Angelo. Minsan hindi ko alam kung gumaganti ba sya o eto na yung mismong parusa nya sakin. Lakas makasira ng baet!

"Hon!" Tawag ni Andy kay Mama habang inaabot ang susi ng bahay.

Buong galak namang kinuha ni Mama yun. Lumapit sya sa pinto at parang model na ngumiti sakin. Huli ko na napansin na kinukuhanan pala sya ng picture.

Ang putik! Model ng pinto.

"Eto na... Papasok na tayo sa bahay natin." Nakangiting sabi ni Mama habang unti-unting binubuksan ang pinto. **"...Tada!"**

Unti-unti kong sinilip ang loob. Si Mama ang unang pumasok kasunod si Andy. Dahan-dahan naman akong sumunod sa kanila.

May kaunting gamit na, kagaya ng sofa set na may balot pa ng plastic, meron na ding lamesa at ref. Pinindot ni Andy yung switch ng ilaw at mukang functioning na lahat.

Kulang nalang yung titira.

"**Tara sa taas.**" Aya samin ni Mama.

Nanguna sya sa pag-akyat sa hagdan. Sumunod naman ako at kung mamalasin nga naman, nakasabay ko tong Aries na to sa hagdan.

"**Nauna ako.**" Inis na sabi ko.

"**Eh anu ngayon.**" Sagot nya sakin.

"**Sabado... Bugok!**"

"**Boplaks!**"

Bago pa man ako makasagot sa hinirit nya, naakyat na sya sa hagdan. Mabilis ko syang hinabol pero sadyang malalaki ang hakbang nya. Pagdating sa second floor, panibagong sofa set ang nakita ko. May flat screen tv sa katapat nito na nakadikit sa pader. Meron tatlong pinto na mukang kwarto at isang pinto na papunta sa terrace.

Hinawakan ni Mama ang kamay ko at hinatak ako sa unang pinto.

"**Dito ang kwarto mo.**" Sabi nya habang binubuksan ang pinto.

Hindi kasing laki ng kwarto ko sa bahay nila Tita Gema pero sapat na para sakin. May cabinet at study table din. Bed frame at kutson na may balot pang plastic.

"**Eto naman ang para kay Aries.**" Sabi ni Andy at binuksan ang pinto na katapat ng kwarto ko.

Kagaya lang din ng sakin ang kwarto. Pero mukang hindi masaya si Aries dun. Nag-cross arm sya at mukang naiinis.

"**Bakit ako may kwarto dito?**" Seryosong tanung nya.

"**Syempre kapag andito na kami----.**"

"**Teka nga!**" Putol ni Aries sa sasabihin ni Mama. "**...Sinasabi mo ba na titira din kami dito?**"

Oo nga noh?

Hindi ko din naisip ang bagay na yun. Sinabi na kasi ni Mama na titira din ako sa kanila kahit sandali, bago man lang daw ako ikasal. Pero mukang hindi na mangyayari yun, dahil nga sa mga nalaman ko.

"**Oo... Sandali lang naman. Tsaka kapag bakasyon nyo lang sa school.**" Sagot ni Mama.

"**No! That's never gonna happen.**" Sabi ni Aries at umiling.

"**Aries... Gusto ko lang naman na----.**"

"**Yan na naman! Yung gusto mo na naman... Panu yung mga gusto namin.**" Inis na putol nya ulit sa sasabihin ni Mama.

"**Aries.**" Mahinahong sita sa kanya ni Andy.

Huminto sya at tinignan ng masama si Mama. Bumaling sya sakin sandali at bigla nalang naglakad pababa ng hagdan. Naiwan kaming tatlo na nakatingin lang sa kanya.

Naiintindihan ko si Aries. Ang dating kasi nag-deside na naman sya ng hindi hinihingi ang opinyon namin. Gustuhin ko mang magprotesta kagaya ng ginawa ng Horoscope kong kapatid hindi ko na ginawa.

Alam ko kasing alam na nya yun.

Tinignan ako ni Mama at bago pa man sya makapag-salita tinalikuran ko na sya. Dumiretso ako sa terrace at sandaling pinagmasdan ang paligid. Napaka-pamilyar ng pakiramdam.

Nakita ko si Aries sa labas na para bang may kausap sa cellphone. Panay ang ikot nya at kahit hindi ko naririnig ang sinasabi nya para bang inis na inis sya.

Napatingin sya sa gawi ko kaya agad akong umiwas. Tumingin ako sa ibang direksyon pero puro bubong lang at linya ng kuryente ang nakita ko.

Panget ang view...

Pumasok nalang ulit ako sa loob. Wala na si Mama at Andy pero naririnig ko ang boses nila. Mukang nasa baba na sila. Binalikan ko ulit yung kwartong para sakin. Naningin lang ako ng naningin kahit wala namang ka-inte-interest.

Nang magsawa tsaka lang ako bumaba. Nakita ko sila Mama at Andy sa kusina at nag-uusap sila. Sabay pa silang tumingin sakin.

"Jay... Anung gusto nyong kainin? Bibili ang Tito Andy nyo." Naka-ngiting tanung sakin ni Mama.

"Tatanungin ko si Aries." Walang buhay kong sabi.

Lumabas ako agad para hanapin si Aries. Hindi naman ako nahirapan dahil andun pa rin sya sa pwesto nya kanina kung saan ko sya nakita. May kausap pa rin sya sa cellphone nya.

"Anu daw gusto mo kainin? Bibili daw sila."

"Kahit ano, basta magkakaroon ng laman yang utak mo!" Singhal nya sakin.

Buset talaga to!

"Wag ka kumain! Mamatay ka dyan sa gutom!" Sigaw ko at padabog na bumalik sa bahay.

Nakatayo na si Andy sa pinto at hawak ang susi ng kotse nya. Mukang inaabangan din nya ang sasabihin ko. Wala namang sinagot na matino si Aries kundi panlait sakin.

"Gusto nya ng Pizza tsaka isang bucket ng chicken." Sabi ko.

Sabi nya basta daw magkakalaman ang utak ko.

Ok na siguro yun. Masisiyahan na yung tyan at utak ko dito. Kesa naman walang makain.

Umalis si Andy'ng epal at naiwan kaming tatlo sa bahay. Nakaupo kami ni Mama ngayon sa harap ng lamesa. Kakatapos lang ni Aries

makipag-usap sa kung kanino at naupo na rin sya.

Muka kaming ewan na naghihintay sa pagkain. Lahat na yata ng langgam na dumaan sa harap ko, nabigyan ko na ng dialouge.

"**Parang ganito lang tayo dati, diba Aries?**" Sabi ni Mama at tinignan ko sila.

Hindi ko maalala na nagkasama-sama kami sa harap ng hapag dati. Siguro dahil 3 years old ako nung ipa-ampon si Aries kay Tita. Wala na kong masyadong maalala.

Yumuko si Aries habang nakapatong ang isang kamay sa lamesa. "**O-oo...**"

"**Naalala mo pa pala.**" Dagdag ni Mama at nagpilit ngumiti.

Hindi ako maka-relate.

"**Naalala ko syempre...**" Sabi ni Aries at tinignan si Mama. "**...Naalala ko din kung pano mo ko paluin kapag hindi kita sinunod. Naalala ko din kung panu mo ko murahin kapag may ginawa akong mali.**"

Unti-unti'ng nagbago ang mga mata nya. Galit na ang nakikita ko sa kanya. Gusto kong sumingit at magtanong pero baka sakin naman nya ibunton ang galit.

"**...I remembered it. I remember how you hit me with slipper, belt or hanger. I remember how you call me '*walang kwenta*', '*walang utak*' at '*hindi nag-iisip*'. Well let me tell you, may utak ako dahil naalala ko yung mga ginawa mo!**" Panunumbat nya.

Hindi nakapag-react si Mama. Kahit ako nabigla sa mga naririnig ko. Wala akong alam sa mga pinag-sasabi nya.

"**...and you know what i remembered the most? Nung pinatulog mo ko sa labas dahil lang iniwan ko si Jay-jay mag-isa sa bahay!**" May bumagsak na luha sa isang mata nya. "**...Pero alam mo ba yung dahilan? Alam mo ba kung bakit ako lumabas at iniwan mag-isa si Jay-jay?! Dahil ibinili ko sya ng pagkain! Dahil wala ka para ipagluto sya!**" Huminga sya ng

malalim. "**Ako ang gumawa ng dapat na ikaw pero ako pa ang masama sa huli!**"

Malalim ang naging paghinga ni Mama, dun ko lang napansin na umiiyak na pala sya. Hinawakan nya ang kamay ni Aries ng mahigpit.

"**Nadala lang ako ng galit... Hindi ko sinasadya yun.**" Sabi nya habang patuloy sa pag-iyak. "**....patawarin mo ko. Masyado pa kong bata non----.**"

"**Hindi dahilan yun!**" Sigaw ni Aries. "**...Si Jay-jay lang kasi ang mahalaga sayo! Bakit?! Dahil mayaman ang Papa nya, samantalang tambay lang ang sakin?!**"

Shit! Naguguluhan ako!

Alam kong magka-iba kami ng ama ni Aries, pero wala talaga akong ka-alam-alam sa mga sinasabi nya. Hindi ko alam na may mga ganun syang naranasan kay Mama.

Pilit binawi ni Aries ang kamay nya na hawak ni Mama. Hindi na sya nakapalag dahil sa panghihina. Umiyak ng umiyak si Mama at sa totoo lang, nasaksaktan ako kahit hindi naman dapat.

"**Kaya mo nga siguro ako pina-ampon.**" Dagdag ni Aries.

Tumigil kana... Please.

Ang bigat sa pakiramdam ng ganito. Tumingin ako sa malayo at huminga ng malalim.

"**Tama na Aries.**" Sabi ko at lumipat sakin ang masama nyang tingin. "**...Tumigil ka na.**"

"**Aries...**" Tawag ni Mama sa kanya. "**...Hindi ko gustong ipa-ampon ka. Kinailangan ko lang talagang gawin para maalagaan ng husto si Jay-jay. Sakitin ang kapatid mo, mas kailangan nya ko.**"

Pakinggan mo si Mama...

"**At ako hindi?!**" May halong panunumbat ang tinig nya. "**Hindi ko kailangan ng Ina?! Ganun ba?!**"

"**Tama na.**" Awat ko.

"**Alam kong kailangan mo... Pero intindihin mo naman.**"

"**Panay ka nalang bang iintindihin! Panu naman kaming umiintindi sayo?!**"

"**Tumigil kana, Aries.**"

Pakiramdam ko maririndi ako sa sagutang ginagawa nila. Ang sakit sa ulo at ang bigat sa dibdib. Inaasahan ko na mag-aaway-away kami pero hindi ganitong nagsusumbatan habang binabalikan ang nakaraan.

"**Wala akong silbi para sayo! Kaya pina-ampon mo ko!**"

Hinampas ko ng malakas yung lamesa. "**TUMIGIL KANA!**" Sigaw ko habang tinitignan ng masama si Aries. "**...UTANG NA LOOB!**"

Pati si Mama tumigil din sa pagsasalita. Pinunasan nya ang muka na basang-basa ng luha. Ilang beses ko din narinig ang paghinga nya ng malalim.

"**Tantanan mo na ang kaka-sumbat ng pagkukulang ni Mama! Baka nakakalimutan mo may pagkukulang ka din!**" *Sakin!*
"**...kung magsalita ka! Nakakahiya naman sayo!**"

Mula sa kina-uupuan nya sa tapat ko, hinablot nya ang kwelyo ng damit ko. Napatayo ako habang nilalapit nya ang muka ko sa kanya. Kulang nalang patayin ako ng mga titig nya.

"**Hindi mo alam yung mga naranasan ko----.**"

Pinutol ko ang pagsasalita nya. "**Hindi mo din alam ang mga naranasan ko!**" Kusang bumagsak ang luha sa isang mata ko.
"**...Hindi ko pa man din naalala pero alam ko! Alam kong impyerno yun!**" *Pero andun kaba para protektahan ako?!*

Kahit hindi ko sabihin ang mga salitang gusto kong bitawan, alam

kong nakuha nya yun. Nakuha nya ang ibig kong sabihin.

Unti-unti nya kong binitawan. Hindi pa rin namin inaalis ang tingin sa isa't-isa.

"**Ma...**" Tawag ko kay Mama ng hindi inaalis ang tingin sa kaharap ko. "**...Tumigil kana sa pag-iyak at kung pwede lang...**"

"**Wag ka ng umasa na magkaka-ayos-ayos pa tayo.**" Dugtong ni Aries sa sasabihin ko.

Katahimika ang namayani sa aming tatlo. Hindi ko alam kung gano na kami katagal na ganun. Hangang sa dumating si Andy dala ang pagkain.

"**M-may nangyari ba habang wala ako?**" Tanung nya kay Mama.

Ngiti lang naman ang sinagot ni Mama sa kanya. Kung sana lang dumating ka ng mas maaga baka naabutan mo ang drama.

Baka bumili ka pa ng popcorn habang nanunuod.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 202

A/N: NO EDIT! Sorry for the wrong spelling and grammar.

Monday Madness

Jay-jay's POV

Naging pabor sakin ang araw ng linggo. Walang tao sa bahay except sa mga maid nila Tita. Pati sila Mama at Andy'ng epal ay wala. Buong araw akong kumain at natulog----*walang paligo!*

Okay lang yun! Wag kayong ano!

Pero mukang linggo lang ang naging pabor sakin dahil lunes. Lunes na lunes! Lunes na lunes bunganga ni Kuya ang bumungad sakin.

Ready na sana ako sa daily routine namin ni Percy. Kuwaring papasok ako pero dun kami magkikita sa Mini Mart----*alam na this!* Pero nandito pa pala sa bahay si Kuya at ayon.

Sermon all the way!

"**Pinagbibigyan kita nung una! Sinasagad mo talaga ang pasensya ko!**" Sigaw nya sakin.

Napapapikit nalang ako habang pinapakinggan sya. Feeling ko sa bawat salitang binibitawan nya ay may lilipad na gamit papunta sakin. Ganun katindi ang powers ng bunganga nya.

"**Tama na Angelo, papasok na siguro sya ngayon.**" Awat ni Tita Gema sa kanya at bumaling sakin. "**...papasok ka na diba?**"

Para akong bata na nakatingala sa kanya. Tipid na tango ang sinagot ko dahil sa totoo lang wala talaga akong balak pumasok ngayon. Wala na kong balak pumasok *forever.*

"**Akala mo naman maniniwala ako sayo?!**" Inis na sabi ni Kuya at dinuro ako sa ulo. "**...Akala mo hindi ko kilala ikot ng utak mo?!**"

Haaahhh! Nakakabasa na ngayon ng isip si Kuya?!

"**At hindi ako nakakabasa ng isip kung yan ang inaakala mo!**" Dagdag nya.

Oowwwsss?!

Lalung tumalim ang tingin sakin ni Kuya kaya agad akong yumuko ulit. Hindi nakakabasa pero parang alam na alam nya yung iniisip ko.

"**P-papasok na talaga ako. Hatid mo pa ko para sure ka.**" Sabi ko habang nakayuko pa rin.

"**Talagang papasok kana! At para masiguro ko na aabot ka sa classroom nyo...**"

Ihahatid kita!

"**...ipapahatid kita!**"

Whhuuaaattt?!

Kanino?! Kay Aries the Horoscope? Sus, wala pa ko sa gate ng school ibaba na ko nyan. Wala rin kaming driver para ipahatid ako. Hindi rin pwede si Andy'ng epal dahil uuwi daw sya sa kanila---- *marami daw syang tatapusing trabaho!*

"**Kanino?**" Tanung ni Tita Gema.

"**Sa kanya.**" Mabilis na sagot ni Kuya habang nakaturo sa pinto.

Sabay kami ni Tita Gema na tumingin don. Naka-ngiwi habang kumakaway samin ang walang hiya. Isa lang ang masasabi ko.

Hindi pabor sakin ang lunes!

"**G-good morning po.**" Bati ni Yuri.

"**Kuya!**" Inis na tawag ko sa kanya.

"**Sya na ang maghahatid *AT* sundo sayo.**" Diniinan talaga nya yung salitang AT. "**...updated din ako every hour, to make sure**

na hindi ka magka-cutting."

Wow! Wow talaga! Wow na wow! Ikay mapapa-wow! WOW!

Ngumiti sakin si Kuya na parang nakakaloko. Para bang sinasabi nya na '*hindi ka mananalo sakin*'. Kingina naman! Wala na talaga akong panalo.

Wala na kong magagawa. Lalu lang akong paghihigpitan ni Kuya kung papalag pa ko. Ang sarap lang iuntog ng ulo ko sa pader dahil dito.

"Sige na... Pumasok kana!" Utos ni Kuya.

Eto na! Eto na! Kala mo naman!

Labag man sa loob ko naglakad ako palabas. Nilagpasan ko lang si Yuri na nakatingin sakin. Sumunod din naman sya agad at inunahan pa kong makalapit sa kotse nya. Binuksan nya yung pinto ng backseat.

Padabog akong sumakay at pagsara ng pinto, dun ko lang napansin na may naka-upo na sa passenger seat. Siguro nga hindi talaga pabor sakin ang lunes. Kung kelan hindi ako handa na makita sya.

Ngayon pa talaga?! Anu to?! Nang-aasar lang?!

In fairness ang galing nilang mang-asar. Napipikon na ko! Malapit-lapit na! Isang pang-aasar pa at lilipad ang kamao ko sa muka nila.

"Jay... Sorry. Hindi ko nasabi na kasabay natin si Kei----."

Agad kong pinutol ang sasabihin ni Yuri. Tinignan ko sya ng masama yung tipong tatagos sa buto. O kaya baliin ko nalang buto nya.

"Yuri. Please lang. UTANG NA LOOB! Mag-drive kana." Sabi ko na medyo mahinahon.

Mahinahon ako... Promise!

Walang nagawa si Yuri kundi ang magmaneho. Habang itong katabi

nya, nakatingin lang sa labas ng bintana. Turista lang ang peg!

Sarap saksakin sa likod!

Napaiwas ako ng tingin ng bahagya syang lumingon sakin. Kuwari turista din ako at sa bintana nakatingin. Pagkakamali ko pa kasi na dito ako pumwesto sa likod ni Yuri. Dapat sa likod nya para madali ko syang masaksak.

Hari ng mga Dimunyung Ulupong!

Maya-maya pa ay naka-amoy naman ako ng sigarilyo. Bahagya pa kong inubo dahil sa paghalo ng amoy nito sa aircon ng kotse. Pagtingin ko sa harap, parang dragon na nagbubuga ng usok ang Hudas na Kumag.

Shutanginames naman!

"**Anu ba yan?! Sa loob pa ng kotse nanigarilyo!**" Inis na sabi ko at binuksan ang bintana.

Pagtawa lang nya ang narinig ko. Malakas ang kutob kong nang-iinis lang ang kumag na to. Mukang hindi talaga sya nasiyahan sa ginawa nya sakin at ngayon nambubuska naman.

"**Bwisit.**" Bulong ko.

Tiniis ko ang amoy ng sigarilyo. Kulang nalang matuyot ang baga ko dahil don. Pagdating sa school, hindi pa nakakapag-park si Yuri lumabas na ko agad at pabalibag na sinara ang pinto.

Hindi ko na kaya!

Sa Cr ako dumiretso at nagpalipas ng oras. Tinanggal ko din ang amoy ng sigarilyo na kumapit sa damit ko. Nag-ayos din ako ng itsura ko. Ayokong mahalata nilang miserable ako.

Tumunog ang bell kaya napilitan akong lumabas ng CR. Mabigat ang bawat hakbang ko palapit sa room namin. Hindi talaga ako handa pero sabi nga ni Kuya, '*updated*'.

Maka-ilang beses din akong huminga ng malalim. Kinakain ako ng

takot kahit hindi naman dapat. Sila dapat ang matakot sakin!

Malapit na ko sa pinto ng room ng mapaatras ako. Hindi ko yata kaya, nanginginig ang tuhod ko. Gusto ko na yatang umuwi. Pero kung hindi ko sila haharapin, hindi matatapos tong kaduwagan ko na to.

Kaunting tapang naman!

Hindi dapat ako ang matakot. Bakit? Ako ba ang may ginawang kasalanan? Ako ang nanloko at pumusta? Ako ba nag-sinungaling at nag-paasa? Kakahiya naman yata! Ako na nga tong naagrabyado tapos ako pa tong matatakot.

Huminga ako ng malalim, yung tipong hinugot ko na lahat ng pwedeng ilabas sa baga ko. Sinampal ko din ang muka ko ng dalawang kamay para gisingin ang sarili ko----*ang tsakit ata!*

Lumakad ako ng normal, parang karaniwan lang. Yung parang pumapasok ako sa normal na klase, sa normal na paaralan at may normal na kaklase.

Pagpasok ko sa pinto, parang may dumaan na anghel----*dumating si barakuda*. Unti-unti tumahimik ang lahat habang nakatingin sakin. Tumigil yung iba sa ginagawa at hinarap ako.

"*Si Jay-jay.*"

"*Pumasok na sya.*"

"*Okay na kaya sya?*"

"*Galit pa rin yata sya!*"

"*Basta mahalaga pumasok sya!*"

"Jay-jay!" Malakas na sigaw ni Ci-N habang nakangiti.

Pero hindi ko pa rin magawang suklian ang ngiti na yon. Tinignan ko yung dati kong upuan sa pagitan ng mag-bestfriend na Gago. Bakante pa rin yun at parang nakalaan talaga para sakin. Nakadikit pa rin sa bangko yung retaso ng tela ng palda ko.

Pero hindi na ko don uupo!

Napatingin ako sa pares ng lamesa at bangko sa tabi ko. Pinaka-malapit sa pinto at pinaka-una. Wala akong katabi dahil lahat sila, kundi nasa likod nasa gilid.

Binaba ko yung bag ko sa table, pinagpag ko yung upuan bago ko maupo at nagpangalumbaba na parang walang nanagyari. At least hindi ko na kailangang tiisin ang mga pagmumuka nila. Wala na rin akong paki sa mga gagawin nila sa likod ko.

"Pumasok ka na pala."

Tinignan ko yung nagsalita na nakatayo sa pinto. Si David na may sosyaling instinct. Bored ko syang tinignan.

"Hindi. Hologram lang ako."

Bahagya syang natawa habang napapailing bago tuluyang pumasok sa room.

"*Bakit si David kinausap na nya?*"

"*Baka may something sila.*"

"*Ang daya naman.*"

Nakakainis ba yung ganyang pag-uusap na ipaparinig talaga. Hindi ko alam kung sinasadya ba o ano. Ang sarap lang pagsu-suntukin.

Napatingin ako sa katabi kong lamesa. Gumagalaw kasi yun palapit sakin. Tinignan ko ng masama yung hinayupak na nagtutulak non palapit sakin.

Ci-N!

Inayos pa nya ang upuan at pinunasan bago maupo. Malapad ang ngiti nya habang namimilog ang mga mata'ng nakatingin sakin.

"Tabi tayo!" Buong galak nyang sabi.

Tinignan ko kung gano kalapit ang lamesa at bangko nya sakin.

Wala na sa tamang linya ang kanya. Nawala na yung space sa pagitan ng mga table namin.

"**Pansin ko nga.**" Sarcastic kong sabi.

Tinignan ko yung paligid at naghanap ng pwede kong lipatan. Ayoko ng may katabi. Kaya nga ako lumipat ng upuan tapos tatabi sya sakin. Pero bago pa man ako makalipat dumating na si Sir Alvin.

"**Good morning... Sorry kung late ako.**" Sabi nya habang inaayos ang mga dalang papel sa table.

Tinignan nya ko sandali at ngumiti. "**Buti pumasok kana. Lagi ka hinahanap sakin ni Angelo.**"

Sige Sir. Paalala mo pa!

Alanganing ngiti at ngiwi ang sinagot ko sa kanya. Nagsimula na syang mag-discuss ng kung anu-anu. Pakiramdam ko mali ang naging pwesto ko dahil masyado na kaming harap. Kita'ng-kita ako ng teacher sa bawat galaw ko.

"**Jay-jay.**" Pabulong na tawag sakin ni Ci.

Wag mong pansinin.

"**Jay-jay.**"

Wala kang naririnig!

"**Pst! Jay.**"

Lalalalalala...

"**Jay-jay... Barakuda.**"

Tongono!

"**Bakit hindi ka sumasagot? Hindi ka nagtoothbrush no?**"

Ay buset!

Gusto ko ng iuntog ang ulo ko sa lamesa. Yung malakas na malakas at sa sobrang lakas mawawalan na ko ng malay.

Ayokong sigawan si Ci-N. Masama ang loob ko sa kanya pero hindi dahilan yun para pagbuntunan ko sya. Nilinaw din naman sakin ni David na napilitan lang si Ci na gawin yun.

Hindi ko nga lang maiwasan na hindi magtampo. Ang tagal naming magkasama. Tumira pa sya sa bahay namin at nakasama ko pa sya sa kwarto. Ganun katagal nyang natiis na hindi magsalita sakin.

Asar naman...

Natapos ang subject namin kay Sir Alvin pero itong katabi ko hindi pa rin tapos sa pangungulit sakin.

"**Tignan mo to.**" Nakangiting sabi nya at hinarap sakin ang isang plastic na laruan, suprise egg ang nakadikit sa label. "**...tignan mo! Tignan mo!**"

Binuksan nya yung itlog at parang bata na pumalakpak sa tuwa ang luko. Natuwa sa laruan na nakuha nya mula sa loob.

"**Surprise!**" Tuwa'ng-tuwa nyang sabi.

Palihim akong napangiti sa itsura nya. Nakaka-miss din kasi. Nami-miss ko na din ang kulitan namin. Pero hindi na kasi kami kapareho ng dati.

Parang normal nalang ulit ang mga sunod na subject. Wag lang talaga mag-groupings! Hindi ako g-grupo sa mga Dimunyung Ulupong na to.

Tumunog ang bell, indication ng lunch. *Patay!* Nakalimutan kong magbaon ng pagkain. Napatingin ako sa likod at nakita kong nag-aayos na si Eman. Mukang nag-luto sya ngayon.

"**Tara... Kain na tayo.**" Aya sakin ni Ci.

Tumayo ako at naglakad pero hindi papunta sa likod lung nasan ang pagkain. Dumiretso ako sa labas. Narinig ko pa si Ci-N na tinatawag ako pero hindi ko sya pinapansin.

Kung saan ako papunta? Hindi ko alam. Sinubukan kong pumunta sa likod ng canteen. Titignan ko kung makakabili ako sa tropa kong tindera.

"**Ate...**" Tawag ko sa kanya mula sa bintana sa likod. "**...pwedeng pabili?**"

"**Himala! Nabalik ka dito.**" Sabi nya at tumingin-tingin sa likod nya. "**...ano ba bibilin mo?**"

"**Yung combo *keneme* nyo.**" Sagot ko at bigla syang natawa.

"**Keneme ka dyan.**" Komento nya at naglakad na paalis.

May ilang minuto ko syang hinintay hangang sa bumukas ang pinto. Akala ko sya na yon kaya lumapit ako agad pero hindi ko inaasahan ang makaka-harap ko.

Aries the Horoscope!

"**J-jay...**" Alanganing tawag sakin ni Ate'ng tindera.

Hawak ni Aries ang pinamili ko. Masama ang tingin nya sakin.

"**Isa pang beses na gawin mo to, tanggal ka sa trabaho.**" Sabi nya sa tindera ng hindi lumilingon.

"**O-opo... Pasensya na po.**" Sagot ni Ate at umalis.

Humakbang palabas si Aries. Hindi pa rin nya inaalis ang tingin sakin. Kulang nalang matunaw ako sa harap nya na parang ice cream.

"**How long are you doing this?**" Walang buhay nyang tanung.

"**Ngayon lang ulit.**" Halos pabulong kong sagot.

Bahagya syang tumawa at iniharap sakin yung pagkain na inorder ko. Akala ko iniaabot kaya tinaas ko ang kamay ko para kunin pero hindi ko pa nahahawakan binitawan na nya.

"**Pinili mo yung Section mo... Kaya sumama ka sa kanilang**

magtiis ng gutom." Sabi nya at bigla nalang tinapakan yung pagkain sa sahig.

Ngumisi pa sya sakin bago tuluyang umalis sa harap ko. Naiwan akong nakatitig sa lupa. Wala ng pwedeng pakinabangan maliban sa bote ng tubig. Dahan-dahan akong naupo at kinuha yon.

Pinili ko sila.... Pero pinili din nilang lokohin ako.

Hindi ko alam na pagsisisihan ko ang pagpili sa kanila. Ang lakas pa ng loob kong magyabang kay Aries dahil solid kaming magkaklase. *#SectionGoals* Pero sila lang pala ang may Goals, hindi pala ako kasali.

Tumayo ako at naglakad na paalis. Siguro, mabubusog na ko sa tubig. Kakainin ko na rin siguro yung bote para sure. Ito napapala ng pagmamatigas, natutuyot sa gutom.

Isusumpa ko rin yung butas ng pwet ni Aries.

Naubos ko na yung tubig, kakainin ko na sana yung bote pero may mga kalalakihang nagtakbuhan sa harap ko. Nasagi nila yung bote at nalaglag.

Wala na... Hindi na pwedeng kainin.

Pupulutin ko nalang sana yung bote para itapon pero napatingin ako sa sahig. May isang kaha ng sigarilyo at lighter sa hindi kalayuan. Mukang nalaglag yun nga mga kalalakihang nagtatakbuhan.

Pinulot ko yun at pinagmasdan ang piligid. Wala ako sa sariling bumalik sa building namin habang hawak yun. Kumuha ako ng isang stick at pinaglaruan yon sa daliri.

Ganito ang nagagawa ng gutom.

Sa halip na dumiretso sa room. Sa second floor ako nagpunta. Sariwang hangin ang sumalubong sakin. Walang ibang tao, ako lang mag-isa.

Tinignan ko ulit yung hawak kong sigarilyo. Ayoko talaga ng amoy

nito. Minsan ko lang sinubukang manigarilyo at talagang ang panget ng lasa. Tapos nahuli pa ko ni Cyrus at pinag-awayan namin yun.

Hindi ko namalayan na nailapit ko na pala ang stick sa labi ko. Panget daw sa babae ang manigarilyo, bakit? Nakakagwapo ba sa lalaki?

Nakasunod na ang lighter na palapit pero bago ko pa man masindihan ang stick, isang kamay ang humablot non mula sa bibig ko.

"**Tang'na!**" Malutong na mura ko sa hudas na gumawa non.

"**What the hell?! What are you doing?!**" Galit na tanong sakin ni Yuri.

Sa inis ko sa kanya, binato ko yung isang kaha sa muka nya kasunod ng lighter. Nakailag naman sya pero masama pa rin ang tingin nya sakin.

"**Anung paki-alam mo?!**" Sigaw ko sa kanya.

"**Hindi mo ba nakikita yung sarili mo?! Nagbabago kana!**"

"**Malamang hindi! Walang salamin dito! Tanga!**"

Nasabunutan ni Yuri ang sarili dahil sa inis. "**See?! Pati pananalita mo!**"

"**Eeoowsss ppoeeh!**"

"**JAY!**" Sigaw nya sakin na parang si Kuya Angelo. "**...umayos ka nga!**"

Balak talaga nya kong sermunan. Wala akong planong makinig at naririndi na ang tenga ko. Busog na ko sa sermon sa bahay, wag na nyang gatungan pa.

"**Jay-jay naman...**" Sabi nya na parang pagod na pagod. "**...Alam kong marami kang problema pero wag namang ganito!**"

"**Anung gusto mo? Ipakita kong okay ako? Na parang wala lang sakin lahat? Pvta! Durog na to!**" Tinuro ko ang puso ko. "**...Piga na to!**" Tinuro ko ang ulo ko patukoy sa utak ko. "**...at pagod na pagod na ang katawan ko! Tapos gusto mong umayos ako? Tangina pala!**"

"**At eto ang solusyon mo?!**" Sabay turo sa isang kaha ng sigarilyo sa sahig. "**...Bumabalik ka sa dati! Sa dating ikaw na iniwan mo sa probinsya mo!**"

"**Oh anu ngayon? Anu ngayon sayo kung bumabalik ako sa dati?!**" Kuwari akong tumawa habang napapailing. "**...Hindi mo kayang magpakasal sakin kung ganun ako? Tama ba?**" Hindi sya sumagot. "**...Edi wag mo kong pakasalan. Problema ba yun? Tutal ikaw lang naman talaga ang may gusto ng kasal na to!**"

Naglakad ako papunta sa hagdan sa likod nya. Ayoko ng makipag-usap sa kanya.

"**Syang-sya ka ng bestfriend mong Gago!**" Sabi ko bago sya tuluyang lagpasan.

Nasa huling baitang na ko ng hagdan pababa ng mapatigil ako. Ang buong Section E andun at nakatingala pa yung iba. Nakikinig sila sa usapan namin. Kuwaring wala akong paki-alam kaya nilagpasan ko nalang sila pabalik sa room.

Mukang hindi magiging madali sakin ang pagpasok.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ + +

Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 203

A/N: NO EDIT! Pa-correct nlng po ng mga typo at wrong grammar. Tamad talaga ako magre-read. Kapag may time ako revise ko lahat ng chapter.

Evil Phone

Jay-jay's POV

Hatid at sundo! Lelang mo'ng panot hatid at sundo. Asa naman si Kuya susundin ko yon. Oo, natatakot ako sa kanya pero....*kingina!* Rebelde to men!

Nasa huling klase na kami para sa araw na to. Naka-survive ako ng walang masyadong nagiging koneksyon sa mga Ulupong. Except syempre sa katabi ko.

"**Uwian na!**" Malakas na sigaw nya na dinaig pa yung bell ng school. "**...Kain tayo ice cream.**"

"**Ayoko.**" Mabilis kong sagot habang inaayos ang gamit ko.

Bagsak ang balikat ni Ci pero pinilit nyang ngumiti sakin. "**Sige na...**"

"**Ayoko.**"

"**Please...**"

"**Ci-N.**" Tawag ko sa pangalan nya at sumeryoso naman sya sakin. "**...Ayoko. Intindihin mo yung salitang *ayoko*.**"

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nya. Lumabas na ko ng room at tuloy-tuloy lang sa paglalakad kahit naririnig ko pang tinatawag nila ko. Wala akong balak magpahatid kay Yuri.

Binilisan ko ang paglalakad at pagdating sa gate ng school, nakita ko ang pamilyar na kotse ng hudlong kong stepbrother. Tumakbo ako palapit don at malakas na kinatok ang bintana.

"**Wazzup?!**" Bati nya sakin habang tumataas baba pa ang kilay.

"**Umaano ka dito?**" Tanun ko.

"**Sinusundo si Felix. Bakit?**"

Akala ko ako... Awtsu!

"**Wala. Tinanung ko lang.**" Walang buhay kong sagot.

Bigla nalang syang ngumiti ng malapad. "**Na-miss mo ko no?**"

Ayos din sa kakapalan ng muka tong isa to. Solid rock! Hardcore kung hardcore. Napa-ngiwi ako sa sinabi nya.

"**Kapal.**" Bulong ko na sinadya ko ding iparinig sa kanya.

Tumunog ang cellphone nya at yun muna ang hinarap nya. Sandali syang nagpipindot bago ako harapin ulit.

"**Well, it's your lucky day.**" Sabi nya at binulsa ang cellphone. "**...Hindi daw sasabay si Felix. Mag-meeting daw sila. Sakay na!**"

Meeting?

May meeting ang mga Ulupong. Siguro may pag-uusapan na naman sila. Wag lang sana tungkol sakin.

Sumakay na ko sa kotse ni Percy at sa passenger seat ako pumwesto. Kinabit ko ang seatbelt at nagmaneho na sya. Pakanta-kanta pa sya habang nakatingin sa daan.

"***♪Ang gwapo ko! Ang gwapo ko! Ako ang pinaka-gwapo saming lahat! ♪***" Kanta nya na parang rap.

Gusto kong buksan ang pinto ng kotse nya habang umaandar at bigla nalang akong tatalon para masaya. Nag-uumpisa na naman sya sa mga kakornihan nya. Partida! Hindi pa sya lasing nyan ah.

Normal sya nyan... Normal!

Huminto ang kotse dahil sa traffic light naka-sign ng stop. Patuloy

pa rin sa pag-ra-rap tong isa. Pinilit kong iiwas ang atensyon ko dahil nag-uumpisa na kong mainis.

Napatingin ako sa grupo ng kabataang naglalakad. May hawak silang skateboard at naka-helmet pa. Tuloy ang tawanan at asaran nila. Meron pang sasakay sandali sa skateboard at papaandarin yun.

"**Gusto mong matuto nyan?**" Tanung sakin ni Percy.

Hindi ko namalayan na tinitignan din pala nya yung tinitignan ko. Pinaandar na nya yung kotse pero nasa mga kabataan pa rin ang atensyon ko.

"**Gusto kong subukan.**" Sabi ko.

Akala ko hindi nya ko narinig dahil tuloy-tuloy pa rin ang andar ng kotse at hindi pa rin sya sumasagot. Hinarap ko sya at uulitin ko sana ulit yung sinabi ko pero napatigil ako ng mapansin kong parang may hinahanap sya sa daan.

"**Saan na ba yun? Malapit lang dito yun.**" Bulong pa nya.

Tinignan ko naman yung daan pero sari-saring stablishment lang ang nakikita ko. May tindahan ng damit, sapatos at meron pang spa with salon. Pero natapos ang paghahanap namin ng magpark sya sa tapat ng isang tindahan ng bike.

Ang ganda ng mga bike!

"**Tara!**" Aya sakin ni Percy.

Bumaba sya ng kotse at ganun din ang ginawa ko. Pinag-masdan ko muna sandali yung mga bike na naka-display sa labas bago pumasok sa loob.

Malaking tindahan na puro branded na pyesa ng bike at motor ang andito. Pero mukang hindi lang bike ang binebenta nila. May isang buong pader sila na puro skateboard.

"**Angas...**" Sabi ko habang napapangiti.

Lahat na yata ng klase meron sila. Meron din silang helmet at

protection gear para sa tuhod at siko.

"**Anu po hanap nila?**" Tanung sakin isang lalaki.

Mukang sya yung isa sa salesman nila. May nametag din kasi sya na nakadikit sa kaliwang dibdib.

Si Percy ang sumagot sa tanung nya. "**Skateboard para sa first timer.**"

"**Sa inyo po ba sir?**"

"**Hindi. Dito sa tomboy kong kapatid.**" Seryosong sagot ni Percy.

Agad ko syang tinignan ng masama. Nung nakaraan pa sya. Kung anu-anu sinasabi nya. May nalalaman pa syang lalaki daw talaga ako.

Transginger bro, transginger.

Natawa lang naman yung lalaki. Nag-usap sila ng mga bagay na dapat bilhin para sakin. Nakikinig lang naman ako sa kanila---nung una. Meron din akong nakitang roller blades na pangbata at matanda.

Patuloy sa pag-uusap yung dalawa. Dahil wala na kong naiintindihan, pinili kong tumingin-tingin muna sa mga naka-display na bike.

Hindi ko maiwasan na hindi mamangha. Mas magaganda kasi ang model dito kesa sa pinag-bilan ko dati. Kung alam ko lang na may ganitong tindahan, dito nalang sana ako namili.

Bike lover be like...

Habang patuloy sa pagtingin, nag-umpisa na kong makaramdam ng kakaiba. Para bang may nakatingin sakin at nag-o-obserba. Tumingin ako sa paligid at hindi nga ako nagka-mali.

Tatlong lalaki ang nakatingin sakin. Kulay blonde ang buhok nung isa, samantalang brown naman yung isa pa, itim lang dun sa pinaka-maliit. Nag-bubulungan sila at mag-ngingitian na para bang

nang-aasar.

Problema ng mga to?

Babalik na sana ako kay Percy ng mapatingin ako sa salaming pader ng tindahan sa harap. Kita kasi ang mga naka-park na sasakyan don. At kita'ng-kita ko yung malalaking motor na humabol sakin dati.

Binalikan ko yung mga lalaking nakatingin sakin kanina. Dun ko lang napansin yung itim na jacket na suot nila. Kapareho nung mga driver ng motor.

Shit! Sila yun... Sila yung mga talipandas na humabol sakin!

Mabilis kong binalikan si Percy. Kasalukuyan na syang nasa cashier at nagbabayad. Apat na malalaking paperbag ang inabot sa kanya nung lalaking kausap namin kanina.

"**Ako na namili... Bigla ka kasing nawala.**" Sabi nya habang paglapit ko.

Huminga ako ng malalim at sandaling nilingon yung mga lalaki pero hindi ko na sila makita.

"**O-okay lang... A-alis na tayo?**"

Kita ko ang pagtataka sa kanya pero pinili nyang itago yun at ipag-walang-bahala.

"**Resibo nalang.**" Sabi nya at hinarap ulit yung lalaki. "**...Saan ako pipirma?**"

Meron syang pinirmahan at binalik na sa kanya yung credit card nya kasabay ng resibo. Kinuha nya yung paperbag at inabot sakin.

"**Ako na nagbayad. Ikaw naman magdala.**" Sabi nya at nagpa-una na maglakad.

"**Ang gentleman mo! Grabe!**" Sarcastic na sabi ko.

Tinawanan lang naman nya ko. Paglabas ng tindahan, wala na yung

mga motor. Umalis na siguro yung mga lalaki kanina.

Anu kayang kailangan nila sakin?

Sa backseat ng kotse ko nilagay yung mga pinamili. Ang pinag-tataka ko lang kung bakit ang dami-dami nyang binili. Sumakay na ko agad pagka-ayos.

"**Saan tayo nyan?**" Tanung ko kay Percy.

"**Sa park.**" Mabilis nyang sagot at pinaandar ang kotse.

Sandali lang ang naging byahe dahil hindi naman pala kalayuan sa tindahan yung park. Ang kakaiba lang sa park na to, sementado---- walang damo. May puno pero nasa paligid lang.

Hindi pantay ang lupa, meron pataas at pababa meron kurba at meron parang bundok na maliit pero patag ang tuktok. Ang umagaw ng husto sa pansin ko ay yung gitna. May parang hukay na malaki.

Mags-slide yung mga naka-skateboard pababa tapos susulpot sila sa kabila na pataas na. *Ang astig!*

"**Suot mo to.**" Utos ni Percy habang iniaabot ang helmet.

Ginawa ko naman yun. Inabot din nya sakin yung protection gear para sa tuhod at siko. At ang huli sa lahat, yung skateboard.

"**Muka na ba kong cool?**" Tanung ko.

"**Ref kaba para maging cool?**" Sarcastic na tanung nya.

Nawala yung excitement na nararamdaman ko at napalitan inis. Bwisit kasi tong kasama ko!

Ref lang ba pwedeng maging cool?!

Nililigpit nya yung basura at plastic na tinanggal nya. Habang ginagawa nya yun, naisipan kong kuhanin ang cellphone ko at nag-picture.

"**Mamaya kana mag-picture.**" Bored na sabi ni Percy. "**...Tara na don.**"

Istorbo talaga to!

Naglakad na kami palapit sa mga nag-skateboard. Sa halip na lumapit ako sa maraming tao pinili kong pumwesto sa may sulok. Nahihiya ako dahil hindi naman ako kagalingan.

"**Dito talaga tayo?**" Tanung ni Percy habang pina-pag-pag ng kamay ang isang bench.

"**Dito muna... Nahihiya ako.**" Sabi ko at binaba ang skateboard.

Sinakyan ko yon ng isang paa. Tinignan ko muna yung mga expert na naglalaro. Gagayahin ko yung ginagawa nila.

Tinutulak nila yun gamit ang isa paa habang nakasampa naman yung isa. Tapos isasampa na yung parehong paa kapag sure na sa bilis ng pag-andar. Kapag bumagal, itutulak ulit.

Kinakabahan ako pero na-e-excite.

Sinubukan kong itulak ng isang paa. Mabagal lang ang ginawa ko hindi ko alam na medyo umuuga pala kapag nakasampa na. Sinubukan kong ulitin ng medyo malakas at malayong distansya.

"**Mali.**" Komento ng kung sino.

Huminto ako sa ginagawa ko at tinignan sya. *Babae!* Lumapit sya sakin dala ang skateboard nya.

"**First timer?**" Tanung nya.

"**O-oo... Pinag-aaralan ko pa kung pano.**" Sabi ko at sandaling tinignan si Percy.

"**Patingin ako.**" Sabi nya patukoy sa skateboard ko.

Kinuha ko yun at inabot sa kanya. Sinipat-sipat nya na parang alam na alam nya ang ginagawa.

"**Bago lang pala... Matigas pa at walang gasgas.**" Komento nya at binalik sakin. "**...turuan kita ng konting basic. Ako nga pala, Rheanna Raine. Ikaw?**"

"**Jasper Jean, Jay-jay nalang.**" Sagot ko at nakipag-shakehands.

"**Tara, dun tayo sa mga tropa ko para malawak ang training ground mo.**" Aya nya sakin at lumapit sa ibang grupo na nag-skateboard.

Tinignan ko si Percy at sinenyasan lang nya kong sumunod dun kay Rheanna. Dahan-dahan ang paglapit ko dahil sa totoo lang nahihiya pa ko.

"**Eto sya...**" Sabi ni Rheanna dun sa dalawang babaeng kaharap nya. "**...Jay-jay! Eto sila Sherri Ann at Kay-kay friends ko.**"

Kumaway sila sakin at ganun din ang ginawa ko.

Hi Kay-kay, i'm Jay-jay.

"**Tuturuan ka namin.**" Sabi Sherri habang naka-ngiti.

Nagsimula na silang mag-sabi sakin ng gagawin. Pati tamang pagtayo sa skateboard tinuro din nila. Mas malawak na ang ginagalawan ko kumpara kanina.

Napatingin ako sa pwesto ni Percy. Mukang naiinip na sya dahil nag-iisa sya don. Sinenyasan ko syang lumapit samin. Ayaw pa nya nung una pero halatang bored na bored na sya. Nakapamulsa pa sya paglapit samin.

Lalapit ka din pala...

"**Eto pala kapatid ko... Si Percy.**" Pakilala ko sa kanila.

Bigla nalang namula ang pisngi nung Sherri habang kumakaway kay Percy. Panay naman ang siko ni Rheanna kay Kay-kay habang hindi inaalis ang tingin sa pinakilala ko.

Hinarap ko si Percy pero mukang hindi nya napapansin yung tatlo. "**Percy... Si Rheanna, Sherri tsaka Kay-kay.**"

Ngumiti naman si Percy sa kanila at naging dahilan yun para kiligin sila at muntik pang magtulakan. Napapa-ngiwi nalang ako.

Hala sila...

"**Tsk! Gwapo ko talaga.**" Dinig kong bulong ni Percy.

Parang biglang lumakas ang hangin. Sa sobrang lakas muntik na kong tangayin. Tinignan ko sya ng masama pero tinawanan lang nya ko.

Sandali pa kaming nag-usap-usap nila Rheanna pero mukang malakas ang trip nitong si Percy. Kinuha nya ang cellphone ko at pinicturan ako. Pinasampa pa nya ko sa skateboard ng dalawang paa.

"**Marami ka nabang natutunan sa kanila?**" Tanung pa nya.

"**Medyo.**" Alanganin kong sagot.

"**Tignan nga natin.**" Sabi at ngumiti ng nakakaloko.

Bigla nalang nya kong tinulak ng malakas. Sa pagkabigla nakalimutan ko na lahat ng tinuro nila sakin. Ni hindi ko na maalala kung paano papahintuin ang skateboard. Mas lalu akong nataranta ng makita kong padiretso ako sa parang bangin.

Malalaglag ako!

"**Jay-jay!**" Sigaw ng isa sa kanila.

Naipikit ko nalang ang mata ko at pinakiramdaman ang paglagapak ng katawan ko sa sahig kasunod ng pagtama ng skateboard sa ulo ko.

Buti nalang naka-helmet.

"**Nice! Viral to!**" Sigaw ni Percy habang palapit sakin.

"*Buhay paba?*"

"*Anu bang nangyari?*"

"*Ang sakit non!*"

Dinig kong sabi ng mga taong lumapit sakin. Hindi ko magawang bumangon dahil sa kahihiyang nararamdaman ko. Lahat ng taong andito at nag-s-skate, nakita nila yon.

Sana nawalan nalang ako ng malay.

"**Jay-jay! Anung masakit sayo?**" Tanung ni Sherri habang tinutulungan akong tumayo.

"**Tatawag na ba kami ng Ambulance?**" Sabi ni Kay-kay.

Pagtayo ko, nagparamdam ang sakit sa likod ko. Bumalabag ako at una ang likod. Buti nalang talaga may suot akong protection gear pero hindi pa rin non nailigtas ang likod ko.

"**Ang sakit...**" Bulong ko habang pilit hinahawakan ang likod ko.

Inalalayan ako ni Sherri at Rheanna para makalakad at maka-upo ng maayos sa bench. Si Kay-kay ang may dala ng skateboard ko.

Si Percy? Ayun! Pinapanood yung vinideo nya habang tuwang-tuwa. May pahampas-hampas pa syang nalalaman sa hita nya. Nakatanga lang kami sa kanya.

"**Tignan mo yung itsura mo Jay!**" Sabi nya habang hinaharap nya yun phone ko sakin. "**...Muka kang natuyuan ng dugo!**"

Bwisit talaga!

Sa sobrang inis ko tinabig ko yung kamay nyang hawak ang cellphone ko. Parang nag-slow motion ang lahat. Lumipad ang cellphone ko at tumama sa helmet ng lalaking nag-skateboard malapit samin, lumipad ulit yun at tumama sa isang poste ng ilaw at lumagapak sa sahig.

Akala ko tapos na pero nagulungan yon ng skateboard, hindi lang isa, hindi lang dalawa....*tatlo!* Tatlong beses nagulungan at ang ending? Basag ang screen ng cellphone ko.

Holy cow calabao!

Nawala sa isip ko yung sakit na nararamdaman ko. Agad kong nilapitan yung phone ko sa sahig. Wala ng buhay! Wala na! Tegi-boom na!

"**Basag ang screen.**" Komento ni Percy na nasa tabi ko na pala.

At nagawa pa talaga nyang lumapit sakin!

Tinignan ko sya ng masama at pinukpok sa ulo nya yung cellphone.

"**Animal ka! Kasalanan mo to!**" Sigaw ko habang patuloy sa paghampas sa kanya ng cellphone ko.

"**Aray! Aray! T-teka! Tama na!**"

Lumapit na rin samin sila Rheanna. Hawak pa rin ni Kay-kay yung skateboard ko.

"**Sira na nga tapos ipupukpok mo pa. Lalung nasira!**" Sabi ni Sherri.

Hininto ko ang paghampas kay Percy pero hindi ko pa rin inaalis ang tingin ko sa kanya. Maiiyak na ko talaga dahil sa lalaki na to. Tataas ang Highblood ko sa kanya.

"**Patingin ako...**" Sabi ni Kay-kay habang nilalahad ang kamay. "**...baka pwede pang remedyuhan.**"

Inabot ko sa kanya ang cellphone ko. Sinubukan pa nyang buhayin. Umilaw yon pero sandali tapos namatay ulit. Sinubukan ulit nya at bumukas na naman, mas matagal kesa sa nauna.

"**Pwede pa to... Dalin natin sa Kuya ko. Magagawa nya to.**" Sabi nya.

"**Wag na! Bibili nalang kita bago.**" Sabi ni Percy.

Wow! Richkid be like...

Agad ko syang binatukan. "**Ayoko ng bago!**"

"**Tara! Dalin na natin... Malapit lang dito yun.**" Sabi ni Kay-kay.

Nag-nod naman ako sa kanya. Nauna silang naglakad at sumunod naman kami nitong baliw kong Stepbrother. Kaunting lakaran lang at nakalabas na kami ng park. Nakarating kami sa sinasabi ni Kay-kay.

Cellphone repair shop.

"**Kuya!**" Tawag ni Kay-kay habang binaba ang dala nya.

Binaba din nila Rheanna ang hawak nilang skateboard at naupo sa mahabang bangko. Tuloy-tuloy naman na pumasok si Sherri sa shop kagaya ni Kay-kay.

Lumabas ang isang matikas na lalaki. Naka-tshirt na blue at may kaunting dumi sa muka. Kinausap sya ni Kay-kay at inabot ang cellphone ko.

"**Screen lang... Nag-function pa ang phone.**" Sabi nya sakin.

Nag-nod lang ako at hinayaan ko syang ayusin ang cellphone ko. Medyo matagal ang ginagawa nya. Nag-umpisa ng mainip sila Rheanna at Sherri kaya bumalik na sila sa Park. Sumunod na rin si Kay-kay sa kanila at kami nalang ni Percy ang naghintay.

Tinanggal ko na yung mga nakalagay sa siko at tuhod ko. Pati helmet inalis ko na din. Masama pa rin ang tingin ko sa putarages na blue eyes na to.

Dukutin ko kaya mata nya?

Inabot na kami ng dilim. Naka-balik na si Kay-kay at umuwi na daw yung mga kaibigan nya. Halos makatulog na ko sa sobrang tagal. Balak ko na sanang humiga sa mahabang bangko kundi lang ako tinawag nung gumagawa.

"**Miss...**" Sabi nya. "**...Okay na screen ng phone mo, pero may napansin lang ako.**"

Taka ko syang nilapitan. Hinarap nya sakin yung phone ko at pinakita ang isang App na hindi pamilyar sakin.

"**O-T-J-101?**" Patanong kong basa sa pangalan ng Application. "**Anu**

yan?"

"Muka'ng virus pero nagf-function sya kagaya ng normal na App. Tsaka tignan mo..." Pinindot nya yung icon para buksan. **"...Nanghihingi ng password."**

Wala akong maalala na nagdownload ako ng ganitong App. Hindi ko nga alam ang purpose nito. Kinuha ko yung cellphone ko at sinubukang i-un-install yung App pero nanghihingi na naman ng password.

"Bakit ganito?" Bulong ko at sinubukan ulit.

"Muka talagang virus... Gusto mo iformat ko na?"

Wala akong alam sa mga ganito. Hindi ko din alam kung anung kayang gawin nito sa cellphone ko. Sandali kong tinignan si Percy at kita ko ang pagka-inip sa kanya.

Hinarap ko ulit yung nag-gagawa. **"B-bukas nalang po siguro. Gabi na po kasi."**

Nag-nod naman sya sakin. Hinarap ko si Percy at sinenyasan na bayaran si Kuya. Naka-nguso naman syang lumapit at naglabas ng pera mula sa wallet. Nagpasalamat kami at umalis na.

Bumalik na kami sa pinag-paradahan ng kotse nya. Sa backseat ko ulit nilagay ang skateboard. Nakaupo na ko sa tabi ni Percy at nagkakabit na rin ang seatbelt. Tinignan ko ulit ang cellphone ko na parang bago----*bagong gawa!*

"Anu kaya to?" Tanung ko at sinubukang buksan.

"Alin ba yon?" Sabi ni Percy at tinignan ang ginagawa ko.

Pinakita ko sa kanya ang App. Wala syang naging reaksyon. Pinaandar na nya ang kotse at nagmaneho.

Malaking pala-isipan sakin ang Application na to. Ang lakas lang maka-gago. Wala talaga akong alam sa ganito, kaya hindi ko alam ang gagawin.

Download lang ako ng download.

"Bakit hindi mo subukang itanung sa kaklase mo?" Seryosong sabi ni Percy na nagpataka sakin.

"Bakit ko naman itatanung sa kanila?"

Sa kalsada lang nakatuon ang mata nya. **"May kaklase kang magaling sa computer."**

Sandali akong nag-isip. Isa lang ang kilala kong magaling sa computer. Sya lang din ang alam kong kumalikot sa cellphone ko.

Edrix Knight Peñaflor

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 204

Eruption

Jay-jay's POV

Password Incorrect!

Mababaliw na ko sa Application na to. Hindi ko talaga maintindihan ang purpose nito. Hindi ako pinatulog nito at halos hindi ko bitawan ang cellphone ko kaka-tsek lang ng lintik na App na yan.

"Nakikinig ka ba?"

Napa-angat ang tingin ko kay Kuya. Nag-sisimula na naman kasi syang mag-sermon habang hinihintay ang sundo ko.

"Obviously, hindi." Singit ni Aries.

Inirapan ko agad sya. Tinago ko ang cellphone ko dahil masama na ang tingin ni Kuya don.

"Uulitin ko... Bakit hindi ka sumabay kay Yuri kahapon?" Tanung ni Kuya.

"May dinaanan ako." Mabilis kong sagot.

"Saan?"

"Sa----."

Hindi ko na natuloy ang isasagot ko ng makarinig kami ng busina ng kotse. Ilang sandali pa ay pumasok na si Yuri sa bahay at binati ang lahat ng good morning.

"Mamaya mo na sila kausapin. Baka malate sila." Sabi ni Tita Gema kay Kuya.

Nag-nod lang si Kuya at sinenyasan akong lumakad na. Tumayo na

ko at naglakad palabas, nilagpasan ko lang si Yuri pero bago pa ko makalapit sa kotse nya huminto agad ako.

Panu kung kasakay ko na naman yung hayop na yon?

Yumuko ako at halos pagapang na lumapit sa kotse. Muka akong tanga na sumisilip-silip sa loob ng kotse mula sa likod. Kayalang dahil likod nga, hindi ko nakikita ang nakasakay sa harap.

Badtrip naman kasi! Panu kung kasakay ko na naman sya? Kakahiya naman kasi sa kanya, dami nyang kotse tapos makikisakay sya. Ano tag-hirap lang?!

Hah! Hah! Karma yan bro!

"**What are you doing?**"

Nanigas ang katawan ko ng marinig ang boses na yon. Kulang nalang idikit ko ang muka ko sa salamin ng kotse para lang hindi sya makaharap. Sinasabi ko na eh!

"**Again... What are you doing?**" Pag-uulit ni Keifer.

Hinahalikan yung kotse!

Dahan-dahan akong humarap sa kanya habang naka-yuko. Muka tuloy akong bata na kinakagalitan ng magulang. Bahagya akong umubo para alasin ang kabang nararamdaman ko.

"**N-none of your business.**" Kuwaring walang buhay kong sagot.

Lalakad na sana ako papunta sa pinto ng back sest pero biglang hinarang ni Keifer ang braso nya habang naka-sandal ang palad sa salamin ng kotse. Sinubukan kong dumaan sa kabila pero ganun na naman ang ginawa nya. Kinulong nya ko.

"**A-anu ba?!**" Naiinis kong tanung habang umiiwas pa rin ng tingin.

Panatag na ko sa ganung posisyon dahil alam kong hindi ko makikita ang mga mata nya. Kaylangan kong magpaka-tatag sa harap nya. Kailangan kong ipakita na malakas pa rin ako sa kabila ng ginawa nya.

"**Look at me.**" Utos nya pero hindi ko ginawa. "**Look.At.Me.**"

Wag kang titingin...

"**Look...**" Hinawakan nya ang baba ko at tinaas ang muka ko. "**...At...**" pinagtama nya ang mga mata namin. "**...Me.**"

Agad na nagmura ang sistema ko. Nanginig ang kamay at tuhod ko ng makita kong ulit ang mga mata nya. Ang lapit lang ng muka nya sakin.

Yung mata nya....

Ayoko ng ganito. Makikita nyang apektado pa rin ako sa kanya. Napalunok nalang ako at kasabay non, ginawa ko ang pinaka-mabisang paraan para maalis ang paningin ko sa kanya.

Nagduling-dulingan ako. Masakit sa mata pero solid naman dahil blurred na ang mata nya sa paningin ko. Dalawa-dalawa nga lang ang nakikita ko.

"**What the hell.**" Komento nya.

Okay lang kung pagtawanan nya ko. Wala akong pake! Basta maitago ko lang ang dapat maitago. Malabanan ko lang ang dapat malabanan.

Ang sakit sa mata!

Ang sakit nga lang talaga sa mata. Naipikit ko tuloy ang mata ko sabay hawak gamit ang dalawang kamay.

"**Napapala mo.**" Dinig kong sabi ni Keifer.

Pinahinga ko sandali ang mga mata ko. Nang masiguro ko ng okay tsaka ko pa lang dinilat at tinignan ng masama tong kaharap ko. Hindi pa rin inaalis ang mga braso nya nagkukulong sakin.

"**Alis na!**" Sigaw ko sa kanya pero hindi sya gumalaw. "**Tang'na! Umalis ka sabi!**"

Husay mang-bwisit nito!

Unti-unti'ng gumalaw ang isang bahagi ng labi nya. Nag-smirk sya habang parang naghahamon ang tingin nya sakin.

"**Keifer.**"

Tinignan ko yung tumawag. Si Yuri, ngayon lang yata ako nagpasalamat sa bigla nyang pagsulpot.

"**...Tara na.**" Walang buhay nyang aya.

Hindi pa rin nawawala ang pag-ngisi nitong Hari sa harapan ko. Gusto ko na syang suntukin para mawala na yon sa pagmumuka nya.

"**Alis na!**" Sigaw ko ulit sa kanya.

Nilapit pa nya ang muka sakin na mas lalung kina-inis. Idinikit ko ang ulo ko sa salamin ng kotse para makalayo sa kanya pero walang saysay yun. Inihilig ko sa ibang direksyon at naging dahilan para mailapit ang bibig nya sa tenga ko.

"**Profanity.**" Bulong nya at isang halik ang iniwan nya sa leeg ko bago tuluyang umalis at sumakay sa kotse ni Yuri.

Tuluyan ng nag-tambling ang puso ko. Parang nagka-roon ng surprise party sa loob ng katawan ko. Kulang nalang magkaroon ng competti.

Surprise!!! Sabog na laman loob mo!

Bakit ganito? Hindi na dapat ako nagpapa-apekto. Hindi naman dapat ih! Kayalang hindi marunong makisama ang katawan ko. Kusa silang nagre-react para sakin.

"**Jay-jay...**" Mahinang tawag sakin ni Yuri.

Unti-unti ko syang tinignan. Wala syang reaksyon pero nakalahad ang kamay nya sakin.

"**H-hindi ako sasabay.**" Sabi ko.

"**Hindi pwede. Baka magalit si Angelo.**"

Tinignan ko sandali ang loob ng kotse. Relax na relax ng naka-upo ang Dimunyung Kumag sa loob.

"**Ayoko syang kasabay.**"

Malalim ang naging buntong hininga nya. "**Hindi pa pwedeng mag-drive si Keifer. Malalim ang naging sugat nya, kumikirot daw kapag ginagalaw nya ang buong braso.**"

Ang lagay ako ang mag-a-adjust?!

"**Tsk! Kainis!**" Sabi ko at naglakad na palapit sa pinto ng backseat.

Padabog akong sumakay sa loob. Hindi ko talaga tinignan ang Animal na Hari. Sa bintana lang ang tingin ko.

Sandaling sumagi sa isip ko ang sinabi ni Yuri. *Kumikirot kapag ginagalaw ang buong braso?* Eh anung ginawa nya kaninang pagharang sakin? Ginalaw nya ang buong braso nya!

I smell something fishy!

Etong Dimunyu na to, ginagamitan na naman ako ng galawang Ulupong. Bwisit! Kahit kailan talaga.

Pagdating sa parking ng school, agad ulit akong bumaba. Hindi ko na sila hinintay at mabilis na naglakad papasok sa room. Binati ako ng iba sa kanila pero hindi ko sila pinansin.

"**Good morning.**" Bati ni Ci-N pag-upo ko.

Hindi ko rin sya pinansin at dumukdok nalang sa table ko. Ramdam ko ang pagdaan ng mga Ulupong sa harap ko. Hindi ko alam kung sinasadya ba talaga nila yun o ano.

"**Jay-jay...**" Tawag sakin ni Ci habang kinakalabit ako. "**...Uy.**"

Inangat ko ang ulo ko at inis syang tinignan. Naka-ngiti sya sakin habang inaabot ang chocolate na hawak.

"**Ayoko.**" Sabi ko at muling dumukdok pero kinalabit na naman nya ko.

"**Sige na. Bago pa nila kunin.**" Pagpipilit nya.

Tsk! Kulit!

"**Ayoko nga. Itago mo kung ayaw mo silang bigyan.**" Iritable kong sagot.

Babalik na sana ako sa pagdukdok pero ganun na naman ang ginawa nya. Nag-uumpisa ng uminit ang ulo ko sa kanya.

"**Para sayo to.**" May halong paki-usap nyang sabi.

"**Ayoko nga! Anung bang hindi mo maintindihan sa salitang ayoko?!**" Sigaw ko sa kanya.

Kita ko ang takot at lungkot sa kanya pero pinilit nyang itago yun sa pag-ngiti ng matamis sakin.

"**Sige itatabi ko nalang. Maya nalang natin kainin.**" Sabi nya habang nilalagay sa bag yung chocolate.

Napatingin ako sa mga Ulupong na nakatingin din samin. Agad silang umiwas at kuwaring busy sa mga ginagawa. Nag-tama pa ang tingin namin ng Kumag na Keifer.

Tignan mo resulta ng ginawa mo!

Inirapan ko sya at humarap nalang sa pinto. Ang bigat ng pakiramdam ko sa totoo lang. Sinisigawan ko si Ci-N pero hindi sa ganitong paraan. Huminga ako ng malalim at kinuha ang headset at cellphone ko sa bag.

Balak ko sanang makinig ng music ng mapatingin na naman ako sa OTJ101 App. Hindi ko pa rin ma-un-install ang lintik na application na to.

Hinanap ko si Edrix sa paligid at hindi naman ako nabigo. Nakataas pa ang paa nya habang naglalaro sa cellphone nya. Tumayo ako at naglakad palapit sa kanya.

Ramdam ko ang pagsunod ng mga mata nila sakin. Para bang bawat gawin ko kaylangan nilang alamin.

"**Edrix.**" Tawag ko sa kanya.

Taranta nyang hininto ang paglalaro kasabay ng pagbaba ng paa nya sa sahig. Puno ng pagtataka ang itsura at parang may nababakas din akong excitement sa kanya.

"**B-bakit?**" Tanung nya.

Hinarap ko ang cellphone ko sa kanya. "**Alam mo ba kung anu to?**"

Hindi pa man din nya nakikita ng maayos hinarap na ulit nya ang cellphone nya at umiling.

"**H-hindi ko alam yan.**"

Hindi mo pa kaya nakikita ng maayos!

Nagsalubong ang kilay ko sa inasta nya. Pakiramdam ko ayaw nyang tignan ang cellphone ko. Binaba ko ang cellphone sa lamesa nya.

"**Magaling ka sa mga gadget at computer diba? Un-install mo yan sa phone ko, o kaya format mo nalang.**" Medyo inis na utos ko.

Kinagat ni Edrix ang ibabang labi nya. Ipinunas din nya ang palad sa hita. Mas lalung nagsalubong ang kilay ko. Kakaiba ang kilos nya. Masyadong obvious at parang may tinatago sakin.

Hindi ako imbestigador pero hindi kita tatan-tanan!

"**K-kasi... Jay-jay.**" Alanganin nyang sabi. "**...H-hindi ko kaya.**"

Napataas ang isang kilay ko. Kulang nalang dumikit na sa kisame sa sobrang taas.

"**Hindi mo kaya?**" Sarcastic na tanung ko. "**Sinong niloko mo? Sarili mo?**"

Sandaling tumingin si Edrix kay Keifer. Tumibay ang hinala ko dahil don. Nag-uumpisa na namang kumulo ang dugo ko.

Kinuha ko ulit ang cellphone ko at hinarap ulit sa kanya.

"**Tignan mo!**" Inis na utos ko. "**Uulitin ko ang tanung. Alam mo ba ang App na to?!**"

Hindi sya makasagot. Bubuka ang bibig nya para magsalita pero agad din nyang babawiin. Hindi na sya mapakali sa kina-uupuan nya hanggang sa nauwi yun sa paghimas ng batok nya.

SINASABI KO NA!

Pabagsak kong binaba ang cellphone ko sa lamesa nya. Gumawa pa yon ng tunog dahilan para maagaw ng tuluyan ang atensyon nila.

"**Sagutin mo ko! Nagsisimula na kong mapikon!**" Sigaw ko sa kanya.

Pumikit sya ng madiin kasabay ng pagkagat ulit sa labi. Huling-huli na may tinatago talaga sila sakin. Eto na naman sila, may ginawa na naman sila na hindi ko alam. Pinagkaka-isahan na naman nila ko.

Nasuntok ko ang lamesa dahil sa naisip ko. Ayoko na! Hindi na ko papayaga na gawin na naman nila sakin yun.

"**Jay-jay.**" Tawag sakin ng iba pero nakay Edrix pa rin ang atensyon ko.

Lumunok muna sya at huminga ng malalim bago ako muling harapin. Kinuha nya ang cellphone ko at nagulat ako ng nabuksan nya ang lock ng hindi tinatanung sakin ang password.

Pinindot nya ang App para buksan at ng manghingi ng password sya narin ang naglagay. Tuluyang bumukas ang Application at hinarap nya sakin.

Sya nga ang naglagay non sa cellphone ko.

"**OTJ101 stands for Operation Tracking Jay-jay Version 10.1.**" Sabi nya at binaba ang cellphone sa lamesa. "**A-ako nag-program ng App na yan para malaman ang location ng phone mo. Signal ang gamit nito kaya mas madaling gamitin kumpara sa**

ginagamit ng mga Police at regular na tao."

Kaya pala! Kaya pala alam na alam nila kung saan ako pupuntahan. Kaya pala kapag nasa alanganin ako o kaya nasa gitna ng away, natutulungan nila ako.

"E-eto pala yung dahilan." Halos pabulong kong sabi.

"B-bukod don..." Dagdag ni Edrix. **"...Naka-link ang App na to sa isa pang cellphone."** Tinignan nya si Keifer kaya napatingin na rin ako sa kanya.

Wala syang reaksyon. Nakikinig lang din sya kagaya ng ginagawa ng iba. Hindi ko maiwasan an hindi sya tignan ng masama.

"Lahat din ng text message mo at phone calls, pumapasok sa App na yan. Kaya yung naka-link na phone, nababasa din ang messages mo at naririnig din ang phone calls mo." Paliwanag pa nya.

Para akong binuhusan ng malamig na tubig. Gulat at galit ang naging reaksyon ko kay Edrix. Para akong bantay sarado sa ginawa nya. Para akong nawalan ng karapatang maging malaya.

Nawalan ako ng Privacy.

"B-bakit mo yan n-nilagay sa cellphone ko?" Tanung ko habang pilit pinapahinahon ang sarili.

Yumuko si Edrix. **"D-dahil sa naging pagkikita nyo ni P-percy dati."**

Fvcking shit!

Nahilamos ko ang muka gamit ang palad ko. Parang hindi totoo, hindi ko alam kung panu nyang nagawa ang bagay na to.

"Kaninong cellphone naka-link yan?" Tanung ko ulit.

"K-kay Keifer."

Awtomatikong dinampot ng kamay ko ang cellphone ko sa lamesa

at buong lakas na binato kay Keifer. Hiniling ko na tumama yun sa muka nya pero naka-ilag sya sa paghilig lang ng ulo nya pakanan.

Durog ang cellphone ko.

Hindi ko na mapigilan ang galit ko. Gustong-gusto ko ng basagin ang muka nya. Gusto ko na silang banatan isa-isa. Hindi ko alam na aabot pa sila sa ganito.

"**Ang tindi mo!**" Madiin na sabi ko kay Keifer. "**Talagang wala kang patawad!**"

Nanatili syang walang reaksyon. Nakatingin sakin na parang walang paki-alam.

"**Pursigido ka talaga sa plano mo no?! Pati mga bagay na pribado pinang-hihimasukan mo!**" Sigaw ko. "**...Ganyan kaba talaga kalupet?!**"

Sa halip na sagutin ako inirapan lang nya ko dahilan para mapuno ako. Malalaki ang hakbang ko palapit sa kanya. Handa na sana akong suntukin sya sa muka pero may kamay na humawak sakin. Niyakap ako sa bewang mula sa likod at binuhat palayo kay Keifer.

"**Bitiwan mo ko!**" Sigaw ko habang nagpupumiglas.

"**Tama na! Tumigil ka na!**" Boses ni Yuri.

Ako pa talaga ang titigil?!

Inilabas nya ko ng room. Nang masigurong malayo na ang distansya ko dun palang nya ko binaba. Tinignan ko sya ng masama kasabay ng pagtulak sa kanya palayo sakin.

"**Jay...**"

"**Ang tindi nyong mag-bestfriend ano?! Solid na solid ang pagiging Gago nyo!**" Galit na sabi ko. "**...Sulutin mo na galit ko! Baka may hindi pa ko alam, sabihin mo na!**"

Malalim ang paghinga ko. Parang bang napakarami kong ginawa. Sa bawat araw na tumatagal ako sa mga Ulupong na to lalung

bumibigat ang dibdib ko. Gusto ko ng dukutin ang puso ko para mawala na ang sakit.

"**Jay... Please.**"

Nasuklay ko ang buhok ko gamit ang kamay ko. Pinilit kong pigilan pero kusang lumabas ang mga luha ko sa sobrang galit. Sabi ko hindi na ko iiyak, pero eto na naman. Nag-uunahan pa sila na parang bang may karera.

Mahuli magiging muta!

"**Pwede tama na?! Hirap na hirap na kasi ako...**" Napahawak ako sa dibdib ko. "**...tigilan nyo na ko.**"

Buong akala ko noon ako ang may problema. Ako ang mali dahil halos pinag-sabay ko sila nung Gagong Kumag. Akala ko mali ako dahil pina-asa ko si Yuri.

Muntik pang bumaba ang tingin ko sa sarili ko dahil pakiramdam ko malandi ako. Kulang nalang ihilera ko ang sarili ko sa mga babaeng nakapila sa plasa at nag-aabang ng customer.

Kaladkarin in other words!

Ang haba ng hair ko, dala-dalawang lalaki ang nagkakagusto sakin. Halos hindi ako makatulog sa kakaisip sa kanila. Kakaisip na masasaktan ang bawat isa samin sa magiging kilos ko. Kinain ako ng konsensya ko pero pilit tinago yun sa pag-ngiti habang kasama ko ang mahal ko.

Yun pala dala-dalawang lalaki ang nanloloko sakin. Ako pala ang pinapa-asa sa wala. Kung malandi ang tingin ko sa sarili ko noon, tanga naman ngayon. Sobrang tanga ko kulang nalang magpatayo ako ng sarili kong rebulto.

Pambansang tanga ng Pilipinas!

"**Jay...**" Tawag sakin ni Yuri. "**...I'm sorry.**"

"**May nabago ba ng sorry mo ang ginawa nyo?**"

Hindi na sya nagsalita pero ang mainit nyang katawan ang sumagot ng tanung ko. Mahigpit ang naging yakap nya sakin.

Nang-hihina na ko para labanan pa sya. Pagod na pagod ang katawan ko. Suko na ang utak ko at halos bumigay na ang puso ko sa sakit.

Gusto ko ng sumuko.

At parang yun din ang gusto ng buong sistema ko. Unti-unting nawawalan ng lakas ang tuhod ko at bigla nalang akong nanlambot. Kasunod non ang padilim ng paligid ko habang naririnig ang boses ni Yuri.

"**Jay-jay!**"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. 😊 + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 205

Visit Kiko

Jay-jay's POV

"**Kumakain kaba ng maayos?**" Tanung sakin ng nurse.

Hindi ako makasagot. Ang totoo, ilang araw na kong hindi nakakakain ng maayos. Madalas akong hindi naghahapunan, minsan nalang ako makapag-almusal ng kanin laging tinapay at hindi rin ako makakakain ng maayos ng pananghalian.

"**H-hindi po talaga.**" Mahinang sagot ko.

"**Kaya naman pala eh...**" Sabi nya at tumayo.

Meron syang kinuha sa table nya at bumalik. Dalawang lunch box at meron pang isang litrong juice. Ibinaba nya yun sa table sa tabi ng kama'ng hinihigaan ko.

"**Dala yan ng mga classmate mo. Para sayo daw.**" Nakangiti nyang sabi. "**...Mabilis manghina ang katawan mo dahil hindi ka kumakain ng maayos.**" Meron syang nilagay na gamot sa tabi ng lunch box. "**Pagkatapos mong kumain, inumin mo to.**"

Nag-pilit ako ng ngiti kasabay ng pag-nod sa kanya. Iniwan nya ko at bumalik sa table nya. Tinignan ko yung lunch box sa side table. Kinuha ko yun at binuksan. Puno ng pagkain at alam kong si Eman ang nagluto nito.

Pero ayokong kumain.

Wala akong gana kahit nanginginig na ang katawan ko sa gutom. Hindi dahil ayoko ng pagkain pero dahil mabigat sa pakiramdam kapag naalala ko kung sinong nagluto nito.

Napatingin ako sa nurse at sakto namang napatingin din sya sakin. Ngumiti sya bago bumalik sa ginagawa.

Kung hindi ako kakain, hindi ako makaka-inom ng gamot. Hindi ako makaka-alis dito. Kaya kahit mabigat ang loob ko, sinimulan kong kumain.

Na-miss ko to!

Binilisan ko ang pagkain at ininom ang gamot na binigay sakin ng Nurse. Balak ko pa sanang magpahinga pero alam kong pupuntahan ako ng mga Ulupong na yon dito maya-maya lang. Tumayo ako at inayos ang uniform ko.

"**Saan ka pupunta? Dapat magpahinga ka pa.**" Sabi ng Nurse sakin ng makita nya kong nakatayo at nag-aayos.

"**B-babalik na po ako sa room.**" Palusot ko.

"**Pero kaylangan mo pang magpahinga.**" Pagpipilit nya.

Wala akong balak makipag-pilitan sa kanya. Sandali pa nya kong pinagmasdan at ng mapag-tanto na hindi talaga ako papa-awat, sumuko din sya. Hinayaan nya kong umalis ng clinic.

Wala akong balak bumalik sa room, nagpatuloy ako sa paglalakad pero papunta na sa gate ng school. Tanging pera sa bulsa ko lang ang dala ko. Wala na kong cellphone, nadurog na kanina.

Dapat tumama sa muka nya para hindi ako nanghihinayang ng ganito.

Malapit na ko sa gate ng school ng masalubong ko ang ilan sa kalalakihan ng Section A. Malakas ang mga boses nila kaya hindi ko maiwasan na hindi marinig.

"**...Grabe! Kawawa talaga si Kiko.**" Sabi ng isa sa kanila na umagaw ng atensyon ko. "**...Hindi na sya makakapaglaro ng basketball.**"

"**Nakakatakot yun... Mahirap talagang kalaban si Keifer.**" Sagot ng nasa gitna.

"**Mas malupet yung nagsumbong sa kanya sa guidance ora mismo expaltion.**" Gatong ng nahuhuli sa kanila.

"Ganun yata talaga kapag malakas ang kapit sa school. Aries Fernandez ba naman eh."

Si Aries ang nagsumbong sa guidance?!

Naguluhan ako sa sinabi nila. Panung nangyari na si Aries ang nagsumbong at expaltion agad-agad? Napailing ako habang nagpatuloy sa paglalakad.

Kung kanina hindi ko alam kung saan ako pupunta ngayon parang meron na kong ideya. Humanap agad akong pwedeng masakyan.

Hindi nagtagal, isang taxi ang parating na agad ko namang pinara. Huminto ito at ng pasakaya na ko...

"**Jay-jay!**" Tawag sakin ng kung sino.

Paglingon ko, galing sa school at tumatakbong palapit sakin si Yuri. Agad akong sumakay at sinara ang pinto.

"**Benedict Hospital po!**" Nagmamadali kong sabi.

Mabilis na umandar ang kotse bago pa man makalapit ng tuluyan si Yuri. Nasa kanya pa ang paningin ko habang umaandar ang taxi. Huminto sya sa gate at hindi inaalis ang tingin sakin.

Gusto ko munang lumayo.

Alam kong eto yung tama. Pakiramdam ko hindi ako makahinga kapag nasa school ako. Para akong sinasakal ng kung sino. Para akong manika na kotrolado ng naglalaro.

Umabot ng mahigit 30 minutes ang byahe dahil na rin siguro sa layo ng school. Butas ang bulsa ko sa pamasahe. Hanep yan!

Eto na naman yung pang-mayamang ospital.

Kagaya dati kakaunti lang ang tao dito. Andun pa rin yung parang park nila sa tabi ng building ng mismong ospital. Naglakad ako papasok sana sa main entrance pero napahinto ako ng mapansin ko yung lalaking naka-wheel chair sa gitna ng parang park.

May hawak syang saradong libro habang nakatingala at dinadamdam ang hangin na galing sa mga nakapaligid na puno.

Dahan-dahan akong lumapit sa kanya at pinagmasdan sya. Wala na yun neck brace nya at mga sugat. Pero andun pa rin yung nakabalot sa kaliwang paa at kanang kamay nya.

"**K-kiko.**" Mahinang tawag ko sa kanya.

Una nyang dinilat ang isang mata at sumunod naman ang isa pa ng makilala nya ko. Bahagya syang umayos ng upo at ngumiti sya sakin.

"**Jay-jay...**" Bati nya. "**...kamusta?**"

Ngumiti din ako at bahagyang umupo para mapantayan sya. Medyo tumataba na sya, hindi kagaya non na ang payat nya tignan. Umaliwalas din ang muka nya at hindi na maputla.

"**Ikaw ang kamusta... Mukang malapit ka ng makalabas ah?**" Kuwaring pang-aasar ko.

Sa halip na sumagot pinag-masdan nya ang muka ko. Para bang binabasa nya ang iniisip ko. Ang kaninang ngiti nya ay unti-unti ng nawawala.

"**Pwede mo bang kong tulungan?**" Tanung nya. "**...gusto ko kasing maikot yung lugar. Patulak naman ng wheelchair.**" Paki-usap nya.

Ngumiti ako at nag-nod. Tinulak ko yung wheelchair na sinasakyan nya kagaya ng paki-usap nya. Sinusundan ko lang yung pathway sa gilid. Mabagal din ang bawat hakbang ko dahil sa totoo lang ang tahimik ng paligid at ang sarap sa pakiramdam.

"**Magkwento ka naman...**" Sabi nya. "**...Ang tagal mong hindi nagpakita sakin. Akala ko madalas mo kong dadalawin.**"

"**S-sorry... Naging busy lang kasi.**" Alinlangan kong sagot.

"**Busy saan?**"

"**Sa m-mga nangyari.**"

Sandali syang hindi nagsalita. Para bang iniisip pa nyang mabuti ang sunod na sasabihin.

"**Mind telling me what happen?**" Parang nag-aalala ang tinig nya.

Huminga ako ng malalim. Nagpunta talaga ako dito para alamin kung totoo na yung mga narinig ko. Gusto ko na rin syang kamustahin.

Pero parang hindi na yon yung dahilan. Inihinto ko ang pagtutulak at bahagyang tinabi ang wheelchair malapit sa isang bench. Naupo naman ako don para magkaharap na kami.

"**You look pale. May sakit kaba?**" Tanung nya.

Ngumiti ako at umiling. "**Pagod lang ako.**" Kinagat ko ang ibabang labi ko. "**...pagod na pagod na ko sa mga nangyayari sakin.**"

"**Jay...**" Tawag nya sakin. "**...Sinabi sakin ng mga Section A na nagkagulo daw kayo.**"

Ako dapat ang nanga-nga-musta sa kanya pero parang baliktad ang naging sitwasyon namin. Dapat yata ako na ang magpa-confine dito sa ospital.

Huminga ako ng malalim. "**Naranasan mo na bang magpagka-isahan?**"

"**Well...**" Tinignan nya ang nakabalot sa binti at braso nya. "**...yeah.**"

Obvious naman kasi!

Bahagya akong natawa sa tanung ko. Sya pala ang mas malala dahil kanda bali-balit ang buto nya. Kumpara naman sakin na buhay na buhay at nakaka-tayo.

"**Ang daya kasi... Pakiramdam ng niloko at pinaglaruan. Buti sana kung sa school lang kaso pati sa bahay.**" Parang batang sumbong ko.

"Kaya pala nagkaka-ganyan ka." Sagot nya sakin. **"...Okay lang yan. Hindi ka naman papabayaan ni Aries."**

Wew!

Si Aries pa talaga?! Edi wow! Patiwakal na siguro ako nito.

"Pfftt... Si Aries. Eh isa pang hudlong yun. Isa pang dahilan ng paghihirap ko." Medyo inis na sabi ko.

Tinignan nya ko ng may pagtataka. **"Bakit naman?"**

"Kapatid ko pa pala yung Horoscope na yun. Tapos galit na galit sya sakin sa hindi ko malaman na dahilan."

Medyo tumabingi ang ulo nya at parang nag-iisip. **"Weird."**

"Talagang weird."

"Pero nung pinagtangkaan kita... Sya ang dumating para pagilan ako."

Natigilan ako sa sinabi nya. Si Aries ang dumating? Imposible! Yung magbestfriend kaya ang tumulong sakin.

Kuwari akong tumawa. **"Mukang nagka-amnesia ka na dala ng pagkakabugbog sayo. Sila Keifer at Yuri kaya ang tumulong sakin."**

Seryoso nya kong tinignan na may halong pagtataka. Huminto ako sa pagtawa at bahagyang umubo para alisin ang pagka-ilang na nararamdaman ko.

"No. It's Aries and now that we talk about it. I remember what he shouted before punching me. '*Let go of my sister*'."

Naguluhan ako ng sobra. Panu nangyaring si Aries yun? Hindi ko maintindihan.

"Pero ang sabi sakin nila----."

"Jay-jay!"

Natigilian ako at napatayo habang nakatingin sa tumawag sakin. Nanlaki ang mata ko kasabay ng pagsalubong nh kilay ko.

"**Anung ginagawa nyo dito?!**" Galit na tanung ko.

"**Nag-aalala kami sayo kaya sinundan ka namin.**" Sabi ni Ci-N.

"**Sino yan Jay?**" Tanung ni Kiko na nakatalikod sa mga Ulupong.

Tinulak ko paikot ang wheelchair para makita nya ang nakikita ko. Agad na nag-iba ang expression ni Kiko. Para bang natatakot sya na hindi ko maintindihan.

Kaharap lang naman nya ang mga bumugbog sa kanya. Isama pang ang sama ng tingin nila sa kanya.

"**You look great.**" Sarcastic na sabi ni Keifer.

Panu ako nahanap ng mga Ulupong na to?

Durog na yung cellphone ko. Wala naman akong pinagsibihan ng pupuntahan.

"**P-panu nyo nalaman na andito ako?**"

Walang sumagot sa kanila pero pare-pareho silang tumingin kay Keifer na at dun pa lang nakuha ko na ang sagot.

"**I have ways.**" Sagot ng Hari ng mga Dimunyung Ulupong.

Tumalim ang tingin ko sa kanya. Sana lang talaga totoo yung nakakamatay na tingin----*para alam na this!* Bwisit kasi! Anu na naman ba ang ginamit nya ngayon?

"**Bwisit ka!**" Sigaw ko sa kanya.

"**Jay... Bumalik na tayo sa school.**" Sabi ni Yuri at sya naman ang tinignan ko ng masama.

"**Talagang tumawag ka pa ng resbak! Ang tindi mo!**" Inis na sabi ko.

"**Jay! Nag-aalala lang naman kami sayo.**" Singit ni Felix.

Putik naman!

"**Hindi ko kailangan ng pag-aalala nyo. Lalu kana!**" Turo ko kay Yuri. "**...At ikaw!**" Turo ko kay Keifer. "**Napaka-sinungaling mo!**"

"**Jay-jay!**" Sita sakin ni Calix.

"Sinabi na sakin ni Kiko! Hindi kayo ang nagligtas sakin nung pinagtangkaan nya ko!"

Nagtinginan si Keifer at Yuri. Mukang hindi nila inaasahan na malalaman ko yun.

"**Jay... Yun ang paki-usap ni Aries samin kaya yun----.**"

"**SINUNGALING!**" Galit na sigaw ko kay Yuri. "**...Yun ang sinabi nyo dahil sinamantala nyo yung sitwasyon namin!**"

"**Jay! Makinig ka naman!**" Pilit ni Eman.

"At pagkatapos ano?! Lolokohin nyo na naman ako! Tangina! Maawa naman kayo sakin!"

"**Jay-jay naman! Wag ka naman mag-isip ng ganyan!**" Paki-usap ni Kit.

Sobrang bigat ng nararamdaman ko. Kakasabi ko lang na lalayo muna ako kahit ngayong araw lang pero eto sila at kaharap ko na naman.

Talagang gusto nilang nahihirapan ako!

"**Kung pwede umalis na kayo. Ayoko muna kayong makita.**" Mahinahon kong sabi.

"**Jay-jay.**" May halong paki-usap sa boses ni Yuri.

"**Kailangan na ring magpahinga ni Kiko. Nakaka-istorbo kayo sa kan----.**" Naputol ang sasabihin ko ng makita kong wala na sya sa tabi ko.

Hindi ko naramdaman o napansin na umalis sya. Hindi rin naman

nya maitutulak ang sarili dahil isang kamay lang ang gumagana sa kanya.

"**YaaaaaaaHooooooooo!**" Sigaw ng kung sino.

Pare-pareho ang kaming napatingin don at ganun nalang ang takot at gulat ko ng makita ko si Ci-N na naka-kandong kay Kiko habang marahas namang tinutulak nila Drew at Eren ang wheelchair.

Jusko po! Yung pasyente!

"**Bilis pa! Bilis pa!**" Sigaw ni Ci-N habang nakataas ang dalawang kamay.

Dali-dali akong tumakbo palapit sa kanila. Kung hindi namatay sa bugbog si Kiko baka mamatay naman sa sakit sa puso dahil sa mga sira-ulong to.

"**Itigil nyo yan!**" Sigaw ko habang hinahabol sila.

Pero mukang wala silang balak pakinggan ang sinasabi ko. Mas binilisan pa nila ang pagtulak. Huli ko na napansin na tumakbo din pala si David para pigilan sila.

Hinarang nya ang wheelchair at parang kotse na pumreno ang mga Gago bago pa nila mabundol si David. Huminto sila at kinuha ko ang pagkakataon para itulak ng malakas si Eren at Drew.

Hinatak ko din si Ci-N para maka-alis sa pagkaka-kandong kay Kiko. Agad ko ding sinuri si Kiko.

"**Ayos ka lang? May masakit ba sayo?**" Tanung ko.

Malalim ang paghinga nya at parang naubos ang dugo sa muka dahil sa pamumutla. Hindi ko sya masisisi kung natakot sya, kahit ako natakot din.

Hindi nga lang namutla ng ganyan.

Hindi pa sya nakakalabas ng ospital pero mukang madadagdagan pa yung sakit ng katawan nya.

"**J-jay... P-please lang. U-umalis na k-kayo ng mga k-kasama mo.**" Sabi nya habang patuloy pa rin sa paghahabol ng hangin.

"**Hoy! Anung ginagawa nyo sa pasyente ko!**" Sigaw ng isang Nurse na tumatakbo palapit samin.

"**S-sorry Kiko... Hindi ko alam na gagawin nila yun.**" Sabi ko.

Hindi na sya nakapagsalita ng makalapit na ang Nurse samin. Tinignan nya si Kiko sandali at agad na tinulak ang wheelchair palayo samin.

Nakatanaw lang ako sa kanila hangang ipasok sya sa entrance ng ospital. Ako yung nahihiya sa nangyari.

Dun ko lang din napansin na pinagtitinginan na pala kami ng ibang tao. Pasyente, nurse, doctor at mga bumibisita lang ata.

"**S-sorry, Jay.**" Sabi ni Ci-N.

Nakayuko sya habang pinaglalaruan ang daliri sa kamay. Nakakainis! Gusto ko syang sigawan at sisihin pero wala na ring saysay yun.

"**Kapag mas lumala pa si Kiko, lagot kayo sakin.**" Banta ko kila Ci-N, Eren at Drew.

"**I can't believe this.**" Inis na sabi nung Keifer. "**...Mas kinakampihan mo pa sya! As far as i remember he tried to rape you!**"

Tinignan ko sya ng masama. "**At least his not a liar like you.**" Sabi ko at naglakad na paalis.

Malalaki ang bawat hakbang ko para mabilis na makaalis. Pero anung saysay ng hakbang ko sa haba ng binti ng mga ugok. May bigla nalang humawak sa braso ko at kinaladkad ako palapit sa kotse.

Hari ng mga Dimunyung Ulupong!

"**Bitiwan mo nga ako!**" Sigaw ko sa kanya.

Hindi sya nagsalita. Patuloy lang sya sa paghatak na sakin na mas lalu ko pang kinainis. Bwisit tong Kumag na to! Kahit kelan....*walang mintis!*

"**Bitaw!**"

Huminto kami sa harap ng kotse ni Yuri. Nagulat ako ng buksan nya ang pinto at pilit kong tinutulak papasok sa loob.

Wow! Ikaw may-ari ng kotse?!

"**Anu ba!**" Sigaw ko habang nagpupumiglas.

"**Get in!**" Utos nya.

"**Ayoko!**"

"**Fvck! Get in!**"

"**Pvta!**"

"**GAD DAMN IT!**" Malakas na sigaw nya kasabay ng pagsuntok sa nakasaradong pinto ng kotse.

Napahinto ako kasabay ng paghinto ng tibok ng puso ko. *Nakakatakot!* Ilang beses ko na syang nakitang ganito pero hindi ko pa rin maiwasan na hindi matakot. Nanginig ang tuhod ko dahilan para mapasandal ako kotse.

Shit! Hindi ko inaasahan yun!

Unti-unti ko syang tinignan at dun ko lang nakita ang galit na galit nyang mga mata. Yung tinging ibinibigay nya kapag handa na syang pumatay ng tao.

"**One more time... Jasper Jean. One more time na lumapit ka sa Kiko na yun, sisiguraduhin kong hindi na sya sisikatan ng araw.**" Banta nya ng hindi ako tinitignan.

Dahan-dahan nyang inalis ang kamaong nakadikit sa pinto ng kotse. Kita'ng kita ang yupi nito dahil sa malakas nyang suntok.

"**Now, get in the car.**" Mahinahon nyang utos.

Sunod na! Baka ikaw naman suntukin nyan!

Nanginginig pa ang katawan ko ng sumakay ako ng kotse. Para akong nawala sa sarili dahil sa takot. Ang alam ko galit dapat ako sa kanya, bakit bigla atang bumaliktad.

Hindi ko alam kung anung kapangyarihan meron tong Keifer na to. Nalalaman kung nasan ako tapos ngayon nagagawa nyang baliktarin ang sitwasyon.

Bwisit kang Hari ng mga Ulupong! Bakit ba may impact ka parin sakin!

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 206

A/N: Yun oh! Nakapag-UD din. Hahahahahaha... Sorry mga Tropa! Nagkasakit kasi ako at aaminin ko, na-wipe out lahat ng idea sa utak ko. Nagre-read muna ang tropa nyo mula Chapter 1.....*imagine! Nagre-read ako?! Hehehe*. Dun ko nakita na Bobo talaga ako sa English. 😓😓😓

Anyways, sino naka-basa ng post ko na to?



Hahahahaha 😂😂😂😂😂😂... Joke lang yan! Medyo malayo pa tayo sa ending. Kaya nga may 🌽🌽🌽🌽 = corn. Korni kasi!

Muli nating samahan si Jay-jay sa kalandian nya, si Keifer sa pagiging Hari ng mga Ulupong, si Yuri sa ka-gwapuhan nya, si Aries sa kasungitan at sa kahanginan ni Percy.

It's hard for me to do this... Sanay kasi ako sa Jay-jay na baliw that we all know. Making her cold and insensitive is a kinda different.

Hala! Baka wala syang Dark side! Charot!

Sorry for the wrong spelling and grammar...

Switch

Jay-jay's POV

Naranasan mo nabang gumising na parang ayaw mo na? Ayaw mo ng bumangon hindi dahil tinatamad ka kundi dahil pagod na pagod ka. Hindi ako pagod sa pag-tulog.

Pagod na kong mabuhay...

Hindi ko alam na darating ang araw na to. Pakiramdam ko nawalan na ng purpose ang buhay ko at wala na ring saysay kung magpapatuloy pa ko ng ganito. Napaka-pamilyar ng ganitong pakiramdam.

Parang dati lang...

Pinilit kong bumangon ng marinig ko ang boses ni Mama sa labas ng kwarto ko.

"**Gising na... Baka malate ka.**" Sabi pa nya habang kumakatok.

"**Sige.**" Walang buhay kong sabi.

Dumiretso ako sa banyo at ginawa ang morning routine ko. Inipitan ko din ang buhok ko. Nagpalit ako ng tshirt at naglakad papunta sa Dining kung nasan sila.

Malakas ang boses ni Mama habang nagku-kwento. Nakikinig lang naman si Kuya Angelo at Tito Julz. Samantalang inaasikaso naman si Tita Gema ang pagkain. As usual, iritable na naman si Aries.

"**Jay-jay...**" Tawag sakin ni Mama habang naka-ngiti. "**...Anung course ang balak mong kuhanin?**"

Bachelor of Science in Suicidal Attempt major in Mag-laslas at Mag-bigti with special program of Uminom ng Lason para tapos ang hirap.

"**Wala.**"

"Anung wala? Ga-graduate kana ng highschool. Sabi ng Lola mo sakin gusto mo daw mag-kolehiyo."

Hindi ako nagsalita. Kumain ako na parang wala akong naririnig. Hindi ko alam kung bakit pero parang walang lasa ang kinakain ko.

"Kinaka-usap ka ng Mama mo." Sabi ni Kuya Angelo.

"Ayoko syang kausap." Halos pabulong kong sabi pero hindi nakaligtas yun sa pandinig nila.

"Jay-jay!" Sita ni Kuya.

Nakakarindi!

Parang bigla nalang nagsawa ang pandinig ko sa mga sinasabi nila. Ayoko ng marinig ang pangalan ko sa bibig nila.

"Hindi kaba nagsasawa?" Tanung ko kay Kuya habang nakatingin pa rin sa plato at pagkain ko. **"...Kasi ako nagsasawa na ko sa sermon mo."**

"Jay-jay!" Sabay na tawag sakin ni Mama at Tita Gema.

Kahit hindi ko tignan si Kuya alam kong masama na ang tingin nya sakin. Ramdam ko din ang tingin sakin ni Aries.

"What do you want me to do then? Forget everything that you've done?" Maotoridad nyang tanong.

Hindi ako sumagot kahit ang totoo, pabor na pabor sakin yun. Pinilit kong nguyain ang pagkain sa bibig ko. Kahit dahan-dahan at parang bubble gum.

"Answer me!" Utos nya.

Tama na...

"Anu bang nangyayari sayo Jay?" Tanung ni Mama.

Wala kana don...

"Jay? May problema ba?" Nag-aalalang tanung ni Tita.

Wag nyo nalang akong paki-alaman...

"**Baliw.**" Bulong ni Aries pero halatang parinig.

Mas baliw ka!

"**Sinisimulan mo na naman ba ko?!**" Galit na tanung ni Kuya. "**...Gustong gusto mong nakikita na nagagalit ako no?!**"

"**Ayoko na.**" Halos pabulong kong sabi.

"**Ano?**"

"**Ayoko na! Ayoko ng marinig ang sermon mo! Tigilan mo na ko! Tigilan mo ang pag-arte na parang ikaw ang Papa ko!**" Sigaw ko kasabay ng paghampas sa lamesa.

Malalim ang paghinga ko kasabay ng pagtingin ng masama kay Kuya. Para kong kinalaban ang pader dahil sa ginawa ko. Natatakot ako pero nananaig ang galit sakin.

"**Jay-jay!**" Sigaw sakin ni Aries. "**...Tumigil ka nga!**"

"**Aries!**" Sita sa kanya ni Tita

Nanatali ang paningin ko kay Kuya na kasalukuyan na kong pinapatay sa isipan nya. Alam ko, hindi na kailangang itanung pa. Sa paraan pa lang ng pagtingin nya sakin.

"**Hindi ako umaarte na Papa mo.**" Mahinahon nyang sabi. "**...Dahil ako ang Kuya mo at trabaho kong disiplinahin ka. Kung ayaw mong marinig ang sermon ko.... Magtino ka!**"

Tumayo sya at naglakad na paalis. Nakasunod ang tingin ng iba sa kanya habang ako naka-yuko lang.

"**Anu ba yun Jay-jay?! Hindi ka na nahiya sa Kuya mo!**" Sigaw sakin ni Mama.

Agad akong tumayo at mabilis na naglakad paalis. Ayokong makarinig ng panibagong sermon. Masyadong pagod ang utak at puso ko. Baka hindi ko na kayanin.

Mangisay nalang ako bigla!

Naligo ako at nag-ayos na para pumunta sa pang-araw-araw na parusa sa buhay ko. Ang iskwelahan kung nasan ang mga impakto'ng hudas na sumisira ng buhay ko.

Paglabas ko ng kwarto, naka-abang na agad sakin yung Horoscope. Salubong na salubong ang kilay nya at naka-cross arm.

Siguro, sasabihin nya ang kapalaran ko for today.

"**Anu na naman bang problema mo?**" Tanung nya ng hindi tumitingin sakin.

Gustuhin ko mang sagutin ang tanung nya, hindi ko magawa. Kahit sarili ko hindi ko rin alam ang mismong sagot. Para akong gumising sa isang masamang panaginip at sinampal ng katotohanan.

Umiling lang ako at tangkang maglalakad na ng may bigla akong maalala.

"**Aries.**" Tawag ko sa kanya at inis naman nya kong tinignan. "**S-salamat.**"

Tumaas ang isang kilay nya at halatang hindi nya naintindihan kung para saan yun. Samantalang malinaw sakin kung para saan yun.

Syempre ako nagsabi!

"**P-para sana dun sa... g-ginawa mong pagliligtas sakin... kay Kiko.**" Paliwanag ko at unti-unti'ng nag-iba ang itsura nya.

Bigla nalang syang tumalikod sakin at nagmamadaling lumakad paalis. Meron pa syang binulong pero hindi ko din naintindihan. Naiwan akong nakatayo at nakatingin lang sa kanya.

Weird.

Naglalakad na ko papuntang sala ng marinig ko ang pamilyar na boses. Andito na ang sundo ko papuntang impyerno. Walang buhay akong tumingin kay Yuri habang sya naka-ngiti sakin.

Buti pa sya kaya nyang ngumiti sa kabila ng mga nangyari. Samantalang ako hindi ko na kaya kahit yung pilit man lang.

Dumiretso ako sa labas ng hindi na sya hinihintay. Bubuksan ko na sana ang pinto sa backseat pero pinigilan ako ni Yuri na nakasunod lang pala sakin.

"Dito kana... Hindi na sasabay si Keifer satin."

YES!!

Meron din naman palang magandang mangyayari sa buhay ko ngayong araw. Akala ko puro kamalasan nalang.

Lumipat ako sa passenger seat sa tabi ng driver. Si Yuri pa ang nagsara ng pinto bago sya tuluyang umikot palapit sa driver's. Pina-andar nya ang kotse at naging tahimik lang ako sa byahe kagaya dati.

"Jay?" Tawag nya sakin. **"...Okay ka lang ba? Parang may iba sayo ngayon."**

Umiling lang ako at bumaling sa labas. Para namang may bago sakin ngayon. Ganun pa rin naman ako. Galit pa rin ako sa kanila ng bestfriend nyang Hari ng mga Dimunyung Ulupong.

Nakarating kami sa school, kagaya dati nauna na naman akong bumaba at iniwanan sya habang nagpark ng kotse. Ang bait ko talaga. Grabe!

Super bait...

Malapit na ko sa room namin ng mapahinto ako. Eto na naman kasi. Eto na naman kasi ako! Papasok na naman ako sa room kung saan nagsimula ang lahat. Parusa sakin to, kung pwede lang kasi akong huminto sa pag-aaral matagal ko ng ginawa.

Kaunting tiis nalang, buwan nalang ang bibilangin at makaka-graduate na ko. Hindi ko na kailangang tiisin ang nga pagmumuka nila. Kaya kahit labag sa loob ko na ihakbang ang mga paa ko, ginawa ko pa rin.

"**Good morning.**" Bungad sakin ni Ci-N.

Hindi ko sya pinansin at naupo nalang sa pwesto ko, malapit sa pinto. Kasunod kong pumasok si Yuri. Alam kong wala pa rin yung isa----*bakit ba inaalala ko pa yun?*! Paki-alam ko naman kung malate sya. Maganda nga wag na sya pumasok para hindi ko na kailangang tiisin ang pagmumuka nya.

Dumukdok nalang ako habang sinisiksik na pilit ang muka ko sa braso ko. Kung pwede nga lang isiksik ko na rin sa desk para solid. May ilang minuto rin akong naka-dukdok at malapit-lapit na rin akong makatulog ng maramdaman kong may kumakalabit sakin.

Si Ci-N na naman...

Ayoko sana syang pansinin kayalang syempre.... Ci-N Peralta yan kaya asan na ang----.

"**Jay-jay.**" Tawag nya sakin. "**Wag ka matulog, may sasabihin ako sayo.**"

Inikot ko ang ulo ko paharap sa kanya. Bored ko syang tinignan. Nakangiti na naman sya habang nilalapit sakin ang muka nya.

"**Lapit na birthday ko.**" Buong galak nyang sabi. "**...punta ka sa party ko ah?**"

Oo nga pala...

Binigyan nga pala nya ko ng invitation. Yung mukang birthday ng bata. Valentines day nga pala ang mismong araw ng birthday nya. Araw ng mga Punyetang puso.

Hindi ako sumagot. Ibinaling ko lang ang ulo ko sa ibang direksyon para maka-iwas sa kanya pero sana pala hindi ko nalang yun ginawa. Saktong pag-ikot ng ulo ko ang pagpasok ng Hari sa pinto ng room.

Sakin pa talaga bumagsak ang tingin nya kaya nagtama ang paningin namin. Ayos! Kung kelan iwas na iwas ka oh, nanadya yata ang magaling.

Magaling! Magaling! Magaling!

Buti nalang at agad din syang umalis. Hindi nagtagal dumating na si Sir Alvin at nagsimula na ang klase. Ang sarap sanang makinig sa kanya pero kagaya dati wala sa lesson ang isip ko.

"**Gusto nyo bang umattend ng Career Orientation?**" Tanung ni Sir Alvin saming lahat.

"**Anung meron don Sir?**" Dinig kong tanung ni Denzel.

"**May libre po bang pagkain?**" Tanung naman ni Ci-N.

Tinawanan muna sila ni Sir bago sumagot. "**Ituturo sa inyo ang tamang paraan para mapili ang mga career na bagay sa inyo.**"

"**Hindi na kami pupunta Sir. Kami-kami nalang pipili ng career namin.**" Sagot ni Calix at bigla nalang ngumiti ng nakakaloko. "**...Si Denzel, house husband, si Drew sa pasugalan, si Edrix sa computer shop tapos si Eman sa kusina----.**"

"**Busit ka Calix!**" Sigaw ni Denzel sa kanya at nagtawanan naman yung ibang Ulupong.

Dyan kayo magaling!

Pati si Sir nakitawa nalang din sa kanila habang napapailing. Buti pa sya nagagawang makitawa sa kalokohan ng mga Dimunyung Ulupong.

"**Madali lang naman pumili ng career na bagay samin, Sir.**" Sabi ni Mayo. "**...Hindi na siguro kami pupunta.**"

"**Kayo ang bahala...**" Sabi ni Sir at ngumiti. "**...Anu bang mga balak nyong kuhaning kurso?**"

"**PILOTO!**" Malakas na sigaw ni Ci-N habang nakataas ang dalawang kamay. "**Gusto kong maging piloto!**"

"**Pero diba, Doctor ang parents at kapatid mo Ci?**" Tanung ni David.

Nag-nod naman sya bilang pagsagot. Alam ko nga na Doctor ang pamilya ni Ci-N. Minsan narin nyang nabanggit sakin na gusto din ng parents nya na mag-doctor din sya.

"**Hindi ba nila gusto na maging Doctor ka din?**" Tanung ulit ni David.

Tumingin si Ci sa kisame at parang nag-iisip. "**Gusto! Pero ayoko!**"

"**Parang may magagawa ka sa gusto ng parents mo ah?**" Naghahamong sabi ni Felix.

Ngumiti ng malapad si Ci-N sa kanila. "**May sinabi ba kong hindi ko gagawin sinabi nila?**"

Tsk! Kulit talaga...

Napailing yung iba habang napapakamot sa batok nila. Kahit naman ako ganun siguro ang magiging reakyson dahil sa sinabi ng Batang kumag na to.

"**Ikaw ba, Jay-jay. Anu balak mong kuning kurso?**" Tuon sakin ni Sir.

Kahit hindi ko tignan ang mga bwisit, alam kong nakatingin din sila sakin. Sanay na sanay na ko sa ganyang gawain nila.

Umiwas ako ng tingin kay Sir. "**Wala po, Sir.**"

"**Bakit wala?**"

Tinanung pa talaga nya...

"**Mag-aasawa na po kasi ako pagka-graduate.**" Bored kong sagot.

Walang kahit sinong nagsalita. Nakiramdam ako at alam kong kakaiba ang mga ginagawa nila sa likuran ko. Kahit si Sir nakikita kong tumitingin sa kanila.

May kakaiba akong kutob sa nangyayari kaya naman bahagya akong lumingon patalikod at ganun nalang ang gulat ko ng makita kong hawak ni Keifer ang kwelyo ng uniform ni Yuri. Salubong na

salubong ang kilay ng Gagong Hari samantalang nakatitig lang si Yuri sa kanya.

"**Anung ginagawa nyo?**" Taka kong tanong.

Binitiwan ni Keifer si Yuri at umayos ng upo. Tinignan ko si Sir Alvin na parang nagtatanung pero nagkibit balikat lang sya sakin. Bumalik sya sa pagtuturo at may pagkakataon na tumitingin ako sa likod.

Baka nagpapatayan na pala sila.

Kung tutuusin wala naman dapat akong pakialam sa kanila. Okay lang kung magpatayan na sila. At least mababawasan ang problema ko. Kapag namatay ang Hari, Happy Together lang ang peg. Kapag namatay si Yuri, dalagang Pilipina pa rin ako pagdating ko ng 20.

Kaya oks lang! Magpatayan na kayo!

Natapos ang klase namin kay Sir at sa iba pang teacher. Lunch na at nawala sa isip kong magbaon. Mukang kailangan ko na namang magtiis ng gutom.

"**Jay-jay!**" Buong galak na tawag sakin ni Ci-N. "**...Kain na tayo!**"

Sa halip na sumama sa kanya papunta kay Eman, agad akong naglakad palabas ng room. Sa second floor nalang sana ako papalipas ng gutom pero hindi pa ko nakakalapit sa hagdan ng may humawak sa braso ko.

Felix...

Binawi ko ang braso ko at inis syang tinignan. "**Kailangan mo?**"

"**K-kasi... S-sumabay ka na s-samin.**" Naiilang nyang sabi habang hinihimas ang batok.

Tsk! Ako pa talaga inaya nyang sumabay...

"**Ayoko.**" Mabilis kong sagot.

"**Jay... Wala ka namang kakainan dito. Sumabay kana samin.**"

Pagpipilit nya.

"**Anu naman sayo! Paki mo kung mamatay ako sa gutom!**" Inis na sabi ko.

Kita ko ang pagkapahiya sa kanya. Hindi ko intensyon yon pero kung laging ganito na kinukulit nila ko hindi ko talaga maiiwasan na hindi sila ipahiya.

"**Nag-iiba ka na.**" Halos pabulong nyang sabi at naglakad pabalik ng room.

Hindi... Ganito na ko dati pa.

Naiwan akong mag-isa. Bagay na pabor para sakin. Tinuloy ko na ang balak kong pagtambay sa second floor. Kagaya ng inaasahan ko, malakas ang hangin at medyo malamig.

Naalala ko, dito kami tumatambay nila David at Ci-N kapag kakain kami. Sa kagustuhan naming makapag-tago sa mga Ulupong na yon, dito namin naisipang kumain. Hangang sa pati sila Mica at Calix dito na rin tumatambay para kumain.

Hindi rin naman nagtagal yon dahil bumalik na din si Eman para ipagluto kami. Sa loob na kami ng classroom kumakain, except kila Calix dahil mas madalas pa rin sila dito sa second floor.

Hindi ko akalaing sasabihin ko to. Nakaka-miss din pala yung mga panahon na yon. Nakaka-miss na meron akong kasabay kumain kahit ako yung nagbabaon para sa kanila.

"**Para ka pa lang nasa music video dito no?**" Biglang sabi ng kung sino.

Tinignan ko sya ng masama at handa na sana akong murahin sya pero natigilan ako ng makita ko kung sino ba talaga yung lapastangan na yon.

"**Anung ginagawa mo dito?!**" Medyo inis na tanung ko kay Percy.

Tinaas nya ang kamay nyang may hawak ng isang box ng pizza at plastic naman sa isa na may lamang inumin.

Ooohhhh.... Pizzza!

"**Felix texted me. Hindi ka na naman daw kakain.**" Sabi nya at pumwesto sa isang sulok kung saan nya binaba ang mga dala.

Lumapit ako sa kanya at naupo sa tabi nya. Nakapagitna samin ang isang box ng pizza at inumin. Kahit walang pasabe binuksan ko na yung box at sinimulang lantakan ang pagkain.

"**Sino may sabi kumuha ka? Hindi naman para sayo yan.**" Sabi nya habang pilit kinukuha yung hawak kong slice ng pizza.

Hinampas ko ng malakas ang kamay nya. Kuhanin mo na lahat wag lang ang pizza sa kamay ko.

Magkakaroon ng civil war!

Tiwanan lang naman nya ko. Pati sya kumuha narin at kumain. Walang nag-uusap samin nung una dahil syempre.... *Alam na! Pareho kaming patay gutom nitong kapatid ko!*

Habang patuloy sa pagkain bigla nalang may iniaabot na puting box si Percy. Balak ko sanang itanung kung anu yun pero base sa laki ng box mukang alam ko na.

"**Para saan yan?**" Tanung ko bago kumagat.

"**Anu bang ginagawa sa cellphone?**"

Ang totoo, parang mas gusto ko pa rin yung dati kong cellphone. Kahit alam kong may something dun mas gusto ko pa rin yun. Andun kasi lahat ng picture namin----ko! Yung mga picture at video ko! Nanghihinayang ako na hindi ko maintindihan.

May pinagsamahan na kasi kami ng cellphone na yun!

"**Ayaw mo ba?**" Tanung nya na nagpabalik sakin sa reyalidad.

Nag-aalangan ako nung una pero kinuha ko pa rin. Kailangan ko din ng cellphone. Sino bang hindi?!

Pagkatapos kumain, kukuha na sana ako ng inumin na dala nya ng

mapatingin ako sa bote. Hindi lang kasi basta-basta inumin ang nasa plastic.

"**Walang hiya ka! Alak to ah?**" Sabi ko habang inihaharap sa kanya ang isang bote.

Ngumiti lang naman sya sakin bago kumuha ng isa at buksan.

"**Alam ko kasing mas kailangan mo yan.**" Mapang-asar nyang sabi.

"**Sira ka! Kung mahuli tayo, hindi kana makakabalik dito! Plus suspended ako!**" Inis na sabi ko.

Parang kelan lang sa Holy Shi----Saints. Ako sinuspinde kahit si Cyrus naman talaga ang may dala ng alak. Haizt! Ang galing eh! Kamangha-mangha!

"**Kung mahuhuli! Panu kung hindi?**" Mapanghamon na tanung nya.

Oo nga naman...

Wala namang pumupunta sa building namin kaya sure akong walang makaka-alam na nagdala ng alak tong abnormal kong Stepbrother. Tinignan ko din yung malaking building na katapat ng building namin. Wala naman akong nakikitang ibang tao.

Hindi rin naman nila kami makikita dahil malayo ang building nila samin. Para bang sinasadya ng school na walang makakita samin. Inilalayo ang Section E sa lahat.

Parang kailangan ko din to!

Hinayaan ko syang buksan ang isa. Parang nanuyo ang lalamunan ko ng matikman ko ang alak. Hindi pa naman ganun katagal nung huling beses akong nag-inom pero pakiramdam ko inabot ako ng taon.

"**Sarap diba?**" Nakangiting tanung ni Percy.

"**Masarap.... Masarap din ang kutos sakin ni Kuya Angelo**

kapag nakarating sa kanya to."

Tinawanan lang naman nya ko bago muling uminom. Binaba ko muna yung boteng hawak ko at binuksan ko yung box ng cellphone. Kamuka lang din naman yun ng nauna kong cellphone.

"**Lagay mo na number ko. Para matawagan mo na ko.**" Sabi nya at inilabas ang cellphone nya.

Binuksan ko yung phone at nagpipindot. Nang okay na, pumunta ako sa phonebook at nag-add ng contact.

"**Ready.**" Sabi ko.

"**0922...**" Panimula nya at pinindot ko naman. "**...22nog-tunog pagpinindot sasabog.**"

Ay pvta!

Tinignan ko sya ng masama. Gusto kong ibato yung cellphone sa muka nya. Idagdag pa yung pagtawa nya ng nakakaloko. Ang hirap talaga kausap nito minsan.

Gusto ko na talaga ng mag-request ng isa pang kapatid. Ayoko na sa lalaking to. Ibabalik ko na sya kung saan man sya nag-mula.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 207

A/N: Happy Anniversary sa AMNSE. That was last July 26. One year na ang kakulitan ng mga Ulupong.

Happy 2k Members din sa aming FB Group: **Tropa ni eatmore2behappy**

Cold

Yuri's POV

Jay-jay is acting weird. Halos lahat kami napapatingin sa kanya. Ang likot-likot nya sa upuan at parang may kung anung gustong gawin.

"Ayos lang ba si Jay-jay?" Tanung ni Felix.

I shrugged. Kahit kasi ako hindi rin masasagot yun. This morning ang cold nya samin then after lunch ganito na sya.

"**Anak ng pvta!**" Sigaw ni Jay kaya napatingin na naman kami sa kanya. "**...Ang init talaga!**"

But it's actually a bit cold.

Malulam ang panahon mula kaninang umaga kaya hindi ganun kainit. Tinanggal nya ang necktie nya at bahagyang binuksan ang blouse. Sumisilip ang panloob nya dahil don.

Agad akong tumayo at nilapitan sya. Nakikitaan na sya sa ginagawa nya.

"**Jay... Ayusin mo yung uniform mo.**" Utos ko pero inirapan lang nya ko habang nagpapay-pay gamit ang kamay.

"**Amoy alak si Jay-jay.**" Bulong sakin ni Ci-N.

Alak? Panu'ng...

"**Sinong nagbigay sayo ng alak?**" Mahinahon kong tanong.

"**Paki mo.**" Bored nyang sagot sakin.

Pinagpatuloy nya ang pagpaypay gamit ang kamay. She's not drunk but a bit tipsy. I can tell from her action.

"**Ayusin mo uniform mo. Nakikita na yung----SHIT!**" Malakas ang naging mura ko ng buksan nya ng tuluyan ang uniform at lumantad ang hindi dapat.

Mabilis kong hinubad ang polo ko at pinantakip sa harap nya. Sinubukan nyang alisin yun pero hinampas ko ang kamay nya. Tinignan nya ko ng masama.

"**Mainit nga sinabi!**" Sigaw nya sakin.

Epekto yan ng alak... Buti nalang at hindi sya nalasing.

"**Sino bang nagbigay sayo ng alak?**" Medyo inis na tanung ko.

"**Lolo mong panot.**"

Napahawak nalang ako sa sintido dahil sa inaasta nya. Ang lamig

maki-tungo, puro pambabara at pamimilosopo at hindi maka-usap.

That's the price Yuri, that's the price.

"**Pvtang'na! Ang init talaga!**" Sigaw nya at binato ang polo ko sa mismong muka ko.

"**What the...**" Dinig kong sabi ni Keifer.

Napatingin ako sa kanya na kakapasok lang sa pinto. Salubong ang kilay nya at nakatingin sa kabuuan ni Jay-jay.

Lumipat sakin ang tingin nya at kulang nalang sakalin nya ko ora-mismo.

"**Why is she like this?**" Maotoridad na tanung nya.

"**She's tipsy.**"

Tuluyan ng nawala ang pagitan ng mga kilay nya. Mabilis nyang hinubad ang polo nya pero kasabay non ang paghuhubad din ni Jay-jay kaya nataranta kami.

Binalot ko sa kanya ang polong hawak ko at ganun din si Keifer. Bago pa man makakilos si Jay-jay agad syang binuhat ni Keifer na parang sako ng bigas.

"**Tang'na! Ibaba mo ko!**" Sigaw ni Jay-jay.

"**Keifer...**" Tawag ko sa kanya. "**...Anung gagawin mo?**"

"**I don't know!**" Sigaw nya sakin at huminga ng malalim. "**...Basta dapat mapahinto ko sya!**"

Bigla nalang syang lumabas ng room. Agad akong sumunod sa kanya. Tuloy-tuloy lang sya hangang sa bigla syang lumiko pa-diretso sa hagdan papuntang second floor.

"**Saan mo sya dadalhin?**"

Hindi nya sinagot pero dumiretso sya sa dulong kwarto kung saan nakalagay ang mga picture ng mga naunang Section E.

"**Ibaba mo ko! Susukahan kita!**" Sigaw pa rin ni Jay-jay.

Pinilit ni Keifer kuhanin ang susi sa bulsa nya. Binato nya yun sakin na agad ko namang sinalo.

"**Open this gaddamn door!**" Galit na utos nya.

Kahit nalilito ginawa ko pa rin ang utos nya at binuksan ang pinto. Agad syang pumasok sa loob. Ako na ang nagbukas ng ilaw.

Binaba ni Keifer si Jay-jay sa sofa na nasa gitna ng kwarto. Pagbaba nya malakas na sipa ang nakuha nya galing kay Jay-jay.

"**Tang'na! Kahit kelan husay mo mambwisit!**" Jay-jay shout to Keifer.

"**Huminahon ka Jay.**" Sabi ko at akmang lalapit sa kanya pero binato nya yung polo namin sakin.

Napatingin ako sa dibdib nya halos nakalabas na. Bukas na bukas ang uniform nya. Napalunok ako kasabay ng pag-iwas ng tingin.

Umayos ka Yuri!

"**Aahhhhh! Bakit naka-bukas uniform ko?!**" Galit na sigaw ni Jay-jay.

"**You're the one----!**"

Hindi na natapos ni Keifer ang sasabihin nya dahil binato na agad sya ni Jay-jay ng throw pillow. Inayos nya ang uniform nya at tinignan kami ng masama.

"**Bakit kayo nandito?! May balak kayo sakin no?!**"

Nasabunutan ko nalang ang sarili ko. Sure akong hindi lasing si Jay-jay pero base sa inaasta nya, mas gusto kong isipin na lasing sya.

"**Are you sure that she's not drunk?**" Tanung sakin ni Keifer.

"**She's not asking for a virgin to sacrifice. So, she's not drunk.**"

Mukang nalinawan naman sya sa sinabi ko. Siguro baka malapit-

lapit na rin sya sa pagkalasing. Baka isang bote nalang at naghahanap na sya ng birhen na iaalay kapalit ng walang hangang buhay.

Napatingin ako kay Jay-jay ng mahiga sya sa sofa at magpa-ikot-ikot don.

"**Ang init talaga.**" Sabi nya at tinakpan ng throw pillow ang muka.

"**Who gave her alcohol to drink?**" Tanung sakin ni Keifer habang naglalakad palapit sa katapat na sofa ni Jay-jay.

"**I don't know. She's acting weird when she came back after lunch.**"

Napabuntong hininga si Keifer kasabay ng paghilamos sa muka gamit ang dalawang kamay. Naupo ako sa tabi nya at pinagmasdan si Jay-jay na mukang naka-tulog na.

Mas mabuti na yung ganito, kesa kanina na halos maghubad na sya sa harap ng buong klase. She didn't ate lunch with us. According to Felix, he try to talk to her but he got rejected.

I look at my wrist watch to check the time. Hindi na kami aabot sa sunod na subject. Malalim na buntong hininga ang nilabas ko.

This is all our fault. Hindi dapat namin hinayaan si Jay-jay na magkaganito. Ngayon kami nahihirapan sa mga pinag-gagagawa nya.

Tumingin ako kay Keifer na nakapikit habang naka-sandal ang ulo.

"**Pwede bang...**" Panimula ko pero hindi pa rin sya gumagalaw.
"**...sabihin mo sakin ang totoong dahilan.**"

"**Dahilan saan?**" Patay malisya nyang tanong.

Iniiwasan na naman nya ang tanong na yon. Napaghahalata sya na meron syang tinatago. Maybe they believe what you say but not me.

You can't lie to me.

"I'm not damn stupid Keifer."

"If you're not damn stupid, then what are you trying to do? Hindi ba dapat matuwa ka at nawala na ko sa landas mo. Makukuha mo na ang babaeng gusto mo." Sabi nya at tumingin ng diretso sa mga mata ko.

That's true. I should celebrate this situation. Wala ng Keifer sa landas ko. Anytime, Jay-jay can be mine.

Pero hindi sa ganitong sitwasyon.

Tinignan ko si Jay-jay na tulog na tulog. Hindi sa ganitong sitwasyon nya. Hindi sa ganitong malayo na sya samin kahit kaharap lang namin sya. Hindi sa ganitong galit na galit sya saming lahat.

"Gusto ko pa ring malaman ang totoo."

"What for?" Tanung nya at naglabas ng sigarilyo.

Sinindihan nya yon at inabutan ako pero umiling ako para tanggihan. I no longer smoke, I stop for a couple of months now.

Keifer suddenly chuckled. **"Seryoso ka talaga sa pagtigil? I thought you're just kidding."**

"Don't change the topic. Please answer me Keifer."

Bumuga sya ng usok at tumingin sa ibang direksyon. I'm starting to feel irritation because of his action.

"Alam mo naman yung sagot, bakit tinatanung mo pa?" Sabi nya at humithit ng sigarilyo.

"I don't Keifer. I don't know the exact answer."

"Andun ka nung plinano ko yun. Akala ko nga kasali ka pero bumitaw ka nung kalagitnaan."

I chuckled bitterly. **"Your plan. Again?"** Napailing ako. **"That's your reason for this shit! That's your reason for hurting Jay-**

jay?!"

Hindi ko mapigilang hindi itaas ang boses ko. Ang lakas lang kasi maka-gago ng sagot sakin ni Keifer. Sakin pa talaga sya nagsinungaling.

"**That's the fvcking truth.**" Walang gana nyang sagot sakin.

Napatawa ako dahil sa sinabi nya. Tawa ng hindi natutuwa. Nakakainis talagang makipag-usap sa kanya. Mas mabuti pa yatang sa pader nalang ako magtanong.

"**I'm the happiest guy in town when you stay away from Jay-jay. Ang sarap isipin na may pagkakataon na ko sa kanya. Pero nung nakita ko syang nasasaktan...**" I clenched my fist. "**...gusto kitang suntukin. Gusto kong isisi sayo ang lahat at pagbayarin ka.**"

"**Bakit hindi mo ginawa?**" Naghahamong tanong nya.

"**Because i know there is something else.**"

"**And that something is?**"

"**You're lying.**" Sagot ko na nagpatigil sa kanya sa paghithit ng sigarilyo. "**...You lied to us, you lied to Jay-jay and you lied to yourself.**"

"**I lied to no one.**"

"**I told you. I'm not damn stupid!**" I breathed heavily to calm my self. "**...Matagal mo ng itinigil ang plano mo. Kaya nga huminto na ang buong Section E. Hindi kami manhid para hindi maramdaman yun.**"

He didn't answer me. Inubos lang nya ang stick na hawak at kumuha na naman ng isa para sindihan. Ang hirap basahin ng isip nya kapag ganito sya.

"**Keifer.**" Tawag ko sa kanya na may halong pakiki-usap. "**...Kung hindi mo kayang sabihin kay Jay-jay at sa buong Section E, kahit sakin nalang sana.**"

"Wala akong dapat sabihin sayo."

Hindi ko na napigilan ang sarili ko. Agad kong hinawakan ng mahigpit ang kwelyo nya.

"Damn it Keifer! You're inlove with Jay-jay but you chosed to hurt her! Why?! What's the fvcking reason?!" Galit na tanung ko.

Walang buhay ang mga mata nyang tumingin sakin. **"I'm not Yuri. I'm not inlove wih her."**

Isang malakas na suntok ang binigay ko sa kanya. Hindi man lang sya pumalag o gumanti. Nanatili syang naka-upo sa sahig at pinupunasan ang labi.

Nakakapikon! Damn!

"Alam mong alam ko kapag nagsisinungaling ka pero paulit-ulit ka pa rin!"

"I'm not."

Nasabunutan ko na ang sarili ko sa inis. Wala na talagang saysay kung makikipag-usap pa ko sa kanya tungkol sa bagay na to.

I'm about to leave when I remember something.

"Kung wala kang nararamdaman kay Jay-jay. Bakit ganun nalang ang galit mo kapag may ibang lalaking lumalapit sa kanya?"

Hindi sya nakasagot. I smirk secretly. I knew he can't deny when it comes to jealousy. Tumayo sya mula sa sahig at tinignan si Jay-jay.

"I'm just playing around." He said and walk away.

Naiwan akong nakatingin lang sa pinto kung saan sya dumaan. Akala ko mapapa-amin ko na sya pero mukang nagkamali ako.

Hindi ko sya pinapa-amin para ipahiya sya sa iba. Ginagawa ko to dahil nasasaktan ako. Nasasaktan akong makita si Jay-jay na ganito. Tuwing titignan nya si Keifer nahihirapan ako para sa kanya.

Hindi ko alam na masakit din pa lang makita na nasasaktan ang taong mahalaga sakin. Akala ko dapat na kong maging masaya dahil wala ng hadlang sakin pero nagkamali na naman ako.

Nahilamos ko ang muka ko at akmang lalapit kay Jay-jay pero napatigil ako. Nakaupo na sya sa sofa habang mahigpit ma yakap ang throw pillow.

Fvcking shit!

Ibig sabihin, gising sya mula pa kanina. She heard us!

"**Jay-jay...**" Tawag ko at humakbang palapit sa kanya pero pinahinto nya ko.

"**U-umalis ka m-muna. I-iwan mo m-muna ako.**" Basag ang tinig nya habang sinasabi yun.

Sa halip na gawin ang sinabi nya, umupo ako sa tabi nya at mahigpit syang niyakap. Sibukan nya kong itulak pero kasabay din non ang pagbagsak ng mga luha nya kaya wala rin syang nagawa.

Parang bata na inagawan ng candy si Jay-jay. Hinayaan ko syang ilabas lahat ng sama ng loob nya samin at kay Keifer.

I'm so sorry you have to hear those words.

"**Tangina naman!**" Sigaw nya kasabay ng pag-iyak. "**...Sabi k-ko hindi n-na ko iiyak p-pero eto na naman a-ako!**"

"**I'm sorry, Jay. I'm so sorry.**"

Nagpatuloy pa rin sya sa pag-iyak. She keeps crying until she fell asleep. Nakapatong ang ulo nya sa dibdib ko habang ang katawan naman nya ay nasa tabi ko.

I'm brushing her hair using my hand. I can smell the alcohol from her because of our position. Kung sino mang nagbigay non kay Jay-jay mukang hindi nya intensyon na lasingin to. Pero kung ako sa kanya, wag na syang magpapakita sakin. Babakat ang kamao ko sa muka nya.

"**K-keifer...**" Dinig kong bulong ni Jay-jay.

Hangang sa panaginip.

Masakit sakin ang ganito. Hangang panaginip nya si Keifer pa rin ang nasa isip nya. Kung pwede lang sana kitang tulungan para makalimutan sya, ginawa ko na.

"**Aishiteru...**" I whisper.

I let her sleep for a while. Patapos na ang klase ng magising sya kaya naman umuwi nalang din kami. Ako na ang naghatid sa kanya kagaya ng orihinal na usapan namin ni Angelo.

Naging tahimik sya sa buong byahe namin. Paghinto sa tapat ng bahay nila agad kong hinawakan ang braso nya bago pa man sya makababa.

"**Jay... I'm sorry----.**"

"**Tigilan mo na ang kaka-sorry Yuri.**" Putol nya sa sasabihin ko. "**...Walang mababago yang sorry mo.**"

Unti-unti nyang hinatak ang braso nya palayo sakin. I don't wanna let go but I must for her.

Mabilis syang bumaba ng kotse at pumasok sa gate ng bahay nila. Nakita ko pa si Aries na nakatingin sakin. Binaliwala ko lang yun at pina-andar na din ang kotse paalis.

Nasa kalagitnaan na ko ng byahe pauwi ng may tumawag sakin sa cellphone. I immediately stop the car and answer the phone.

It was Hahaoya.

"**Hahaoya? I'm on my way home.**"

["That's good to hear."]

"**Is there a problem?**"

["Keifer is here. His waiting for you."]

Sa bahay? Si Keifer?

"**Okay… I'm almost there.**" Sagot ko at pinatay na ang tawag.

Agad akong bumalik sa pagmamaneho. Hindi naman kalayuan ang building namin sa pinag-hintuan ko kaya hindi na rin ako nagtagal sa daan.

Dumiretso ako sa elevator pagka-park ng kotse. I have this weird feeling. Hindi naging maganda ang pag-uusap namin kanina ni Keifer kaya nakakapag-taka ang pagpunta nya dito.

Pagka-rating sa floor namin sinalubong agad ako ng mga maid pero hindi ko na hinintay ang pagbati nila. Pumasok ako at tuloy-tuloy na naglakad pa-diretso sa kwarto ko. Hindi naman ako nabigo dahil nasa balkonahe si Keifer.

Katabi lang ng kwarto ang balkonahe. Kita'ng kita ang buong syudad mula dito. Gawa pa rin sa kahoy ang sahig at may halaman sa apat na sulok.

"**Keifer.**" Tawag ko sa kanya.

Tinignan nya ko at tinapon ang stick na hawak. He give me his usual cold stare.

"**Do me a favor.**" Tuloy tuloy na sabi nya.

Kahit nagtataka hinintay ko lang ang sasabihin nya.

"**…Keep Jay-jay safe.**"

My forehead crease. Out of no where he came here to ask that favor.

Seriously?

"**Why are you saying that?**"

"**Mahal mo si Jay-jay diba?**" Tanung nya na nagpatigil sakin.

Of course I do!

"**O-oo naman...**"

"**Then here I am, letting her go. Nagpaparaya na ko para sayo.**"

Bahagya akong napa-iling. "**Anu bang sinasabi mo? Napapano ka naman ba?**"

Hindi sya sumagot. Tumingin sya sa kabuuan ng syudad at umiling. Slowly, he turn around to face me and smile. Akala ko may sasabihin pa sya pero naglakad sya papunta sa kwarto ko.

I followed him immediately. "**Keifer.**"

"**This is the only way.**" He said and stop. "**The only way I can save Jay-jay...**" He release a heavy sigh. "**...By hurting her.**"

Mabilis syang lumabas ng kwarto at umalis. Ayokong mag-isip ng kung ano pero bakit pakiramdam ko may kinalaman ang pamilya nya sa ginawa nya.

What have you done, Keifer?

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. 😈 + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 208

A/N: Add nyo si Felix at Percy sa fb. Bibigyan nila kayo ng Mais 🌽🌽🌽.

Ang Mais ni Felix. Bow! 👐👐👐👐👐
Green Minded si Jay-jay.



Like our fb page... **Ang Mutya ng Section E**

Paki-correct nihonggo or japanese ko. Salamat!

Credit to Google Translator.

Master

Yuri's POV

Hindi naging maganda ang gising ko. Napuyat ako sa kakaisip sa mga sinabi ni Keifer. I know he's hiding something. Ang hirap ng ganitong kaylangan ko pang hulaan ang mga nasa isip nya.

Papunta na sana ako sa opis ni Otosan para magpaalam. Ayokong malate sa school kaya kahit inaantok pa ko, papasok na ko. Kailangan ko ding sunduin si Jay-jay.

Napahinto ako ng mapansin kong maraming maid ang nasa tapat ng pinto ng opis ni Otosan. Pati si Auntie na pinaka-matanda sa lahat ng taga-silbi andito din.

"**Good morning Young Master.**" Auntie greeted me while showing respect.

"**Good morning.**" I greeted back. "**...Anu meron?**"

Bubuka pa lang sana ang bibig ni Auntie para sumagot pero isang pamilyar na boses ang narinig ko mula sa loob.

"**Yuri-kun, is that you?**" Tanung ni Tanda.

Aga-aga namang bungad sakin nito!

Salubong ang kilay kong binuksan ang pinto ng opisina pero ng makita ko kung sinong nasa loob, para akong naging maamong tupa.

"**Yuri...**" Tawag sakin ng Head Master.

Hindi ko alam na andito sya. Kapatid sya ni Tanda at sya ang kasalukuyang Head Master ng buong Hanamitchi Clan. Walang patumangga akong nagbigay galang sa tradisyonal na paraan. Inupuan ko ang binti ko sa sahig at nilagay ang dalawang kamay ko sa harap tsaka nag-bow hangang sa tumama ang noo ko sa kamay ko.

Nanatili akong naka-ganun hangat hindi sinasabi ng Head Master na tumayo na ko. Ang sakit sa binti at tuhod nito.

Why now?!

I don't understand why the Head Master is here. All of a sudden, I feel nervous for----I don't know the exact reason. Wag naman sana akong ipatawag para magsanay----hindi pa pwede!

Jay-jay and I are still not married. Kung babalik ako sa Japan ng hindi sya kasama baka hindi na ko makabalik dito sa Pilipinas. That will be a problem.

A very huge one!

Ngayon pa talaga kung kelan wala na kong kaagaw kay Jay-jay. Kung kelan napagdesisyunan ko ng tulungan syang makalimot.

"***Tachiagaru.***" (Stand up) Head Master said.

Tumayo ako pero nanatili pa ring nakayuko. Butil-butil ang pawis ko habang nakatingin sa mga paa ko.

"***Anata no kami ni nani ga okotta nodesu ka?***" (What happened to your hair?)

Oh shit!

I forgot my hair. Bakit ba kasi hindi ko pa pina-kulayan?

"***W-watashi wa tanoshī tame ni sore o chakushoku.***" (I-i colored it for fun)

Gusto kong sampalin ang sarili ko sa sinagot ko. *Stupid Yuri!* Mukang babalik ako sa Japan na kalbo na.

Bigla nalang tumawa ang Head Master. Bahagya kong inangat ang ulo ko para makita sya. Sya ang naka-upo sa likod ng lamesa. Si Otosan at Tanda naman ay nasa gilid habang seryosong naka-yuko habang inuupuan ang binti.

"***Sore wa watashi no tame ni yoku meiro. Iro no subarashī sentaku.***" (It's look fine for me. Great choice of color.) He said while keep laughing.

Hindi ko alam kung dapat na ba kong makapante sa sinabi nya. Unang beses na tinawanan lang nya ang kalokohan ko. Pero pano kaya kapag nalaman nya pa ang ibang kalokohan ko? Baka Samurai nya ang harapin ko.

"***Ani.***" (Big brother) Singit ni Tanda. "***Naze koko ni iru no ka tazuneru no wa daijōbudesuka?***" (Is it okay to ask, why you are here?)

Tumigil sa pagtawa ang Head Master at nakangiting tinignan si Tanda.

"***Yumori… Watashi wa anata no kazoku o hōmon shitai.***" (Yumori, I just want to visit your family.) Tumingin sya sakin. "***Watashi wa wakaku natte inai.***" (I'm not getting younger.)

Sabay-sabay kaming napatingin sa kanya. Kita'ng kita ko ang pag-aalala kay Tanda. Mukang nagpapahiwatig na sya ng pagbibitaw sa katungkulan.

No!

Ako ang kasunod sa pila ng pagiging Head Master. Hindi pa ko

handa'ng bumalik. Kung sisimulan na ngayon ang pagsasanay, maaga syang makakapag-bitaw. Pero kung gagawin ko yun.....*mapapalayo ako kay Jay-jay.*

"***Oji. Anata wa sore o itte imasu ka----***" (Uncle. Are you saying that---)

Agad na pinutol ng Head Master ang sasabihin ni Otosan. "***Īe. Īe. Son'na koto wa omowanaide kudasai.***" (No. No. Please don't think like that.)

Ngumiti si Tanda sa kanya. "***Anata wa watashitachi o kowagatte iru.***" (You're scaring us.)

Agad na tumawa ng malakas ang Head Master. Nakitawa na rin si Tanda at Otosan pero nanatili akong nakatingin lang sa kanila.

Ang buong Clan ng Hanamitchi ay pinamumunuan ng Head Master. Madalas yung ipinapasa sa panganay na anak na lalaki. Ibinibigay ang posisyon kapag tapos na ang pagsasanay ng magmamana. Maagang naipasa yun sa kapatid ni Tanda. Kapareho ko sya ng edad non.

Anak na lalaki dapat nya ang magmamana ng posisyon pero namatay naman yun sa isang aksidente nung bata pa ko. Naghanap sila ng pwedeng ipalit sa buong angkan pero walang pumapasa sa gusto ng kasalukuyang Head Master. Hangang sa ako----ang sinasabi nilang maswerteng bata----ang pinili nya.

Hindi pa ko nagkaka-isip pero nakalista na ang pangalan ko sa susunod na magiging Head Master. Eto rin ang dahilan kaya walang nagawa si Tanda sa mga gusto ko. Natutuhan ko agad kung anung kaya kong gawin.

"***Yuri-san... Anata wa ima sugu deru koto ga dekimasu. Anata wa gakkō ni chikoku surudeshou.***" (Yuri... You can leave now. You'll be late to your school.)

Nag-nod naman ako bago mag-bow kasabay ng bahagyang pag-atras. I'm about to leave but the Head Master said something that make me stop.

"***Raishū anata no fianse o tsurete kuru koto o wasurenaide kudasai. Watashi wa kanojo ni aitai.***" (Don't forget to bring your fiancé next week. I would like to meet her.)

Patay na!

"***Hai, Heddomasutā***" (Yes, Head Master.)

Wala akong nagawa kundi ang umo-o. Yun ang gusto nya at kailangan kong gawin. I have no choice but to bring Jay-jay here and introduce her to the Head Master.

Mabilis akong tumakbo papunta sa elevator. Muntik ko pang makalimutan ang sapatos at gamit ko. Ilang ulit akong napalunok habang hindi mapakali sa loob ng elevator.

Panu ko ihaharap si Jay-jay sa kanya.

Ngayon pa talaga kung kelan may problema. Ilang beses kong pinunasan ang noo ko gamit ang likod ng palad ko. Pinagpapawisan pa rin ako kahit na malamig naman ang hangin galing sa aircon.

Pagbukas ng elevator mabilis akong naglakad palapit sa kotse ko. Daig ko pa may asawang manganganak sa pagmamadali. Halos pigil din ang pahinga ko.

Badtrip! Badtrip! Badtrip!

Mabilis lang ang naging byahe ko dahil sa pagmamadali. Nakarating ako sa bahay nila Jay-jay pero maid nila ang sumalubong sakin.

"**Umalis na po?**" Tanung ko.

"**Oo... Wala kasi si Angelo kaya ayun, parang ibon na nakawala sa koral si Jay-jay. Mabilis na nawala.**" Sagot sakin ng maid nila.

"**Sige po. Salamat po.**" Sabi ko at agad na bumalik sa kotse ko.

Wag lang sana sya gagawa ng ikapapahamak nya at baka makarating pa to kila Tanda at Head Master. Dumaan muna ko sa Mina Mart sa pagbabaka-sakali na andun sya pero wala.

Pinagpa-tuloy ko ang pagmamaneho pero napatapak ako sa preno ng muntik ko ng masagasaan ang ilang kalalakihang nagtatakbuhan.

The hell! Kung kelan ako nagmamadali!

Hinayaan kong makatawid ang mga kalalakihan pero napatingin ako sa kabilang daan. Meron silang hinahabol na babae.

IT'S JAY-JAY! FVCKING HELL!

Agad kong niliko ang kotse at naging dahilan yun ng sunod-sunod na busina ng mga sasakyan. Wala akong paki sa kanila dahil kaylangan kong abutan si Jay-jay.

Pumasok sila sa isang eskinita. Pinilit ko pang ipasok ang kotse pero hindi kasya kaya agad akong bumaba at hinabol sila. Mabilis akong tumakbo at hindi naman ako nabigo dahil naabutan ko ang ilan sa kanila.

"**Hoy!**" Sigaw ng isa matapos ko syang bungguin.

Nilagpasan ko lang sila para abutan si Jay-jay. Hindi naman ako nabigo dahil nakita ko sya na nakikipag-suntukan sa ilang kalalakihan.

"**Jay-jay!**" Sigaw ko sa kanya matapos nyang sikmuraan at suntukin sa muka ang isa.

Tinignan lang nya ko ng masama. Lumipat ang tingin nya sa likod ko kaya tinignan ko din yun. Yung mga lalaking nilagpasan ko. Lumapit ako kay Jay-jay at bahagya syang tinago sa likod ko.

"**Hanep! Pinagod mo pa kami!**" Sabi nung isa habang naghahabol ng hininga.

"**Bakit nga ba humabol ka?!**" Mapang-asar na sabi ni Jay-jay.

Tinignan ko sya at sinenyasan na tumahimik pero inirapan lang nya ko. Muli kong hinarap ang mga lalaki. Hindi sila pamilyar sakin kaya sigurado ako na hindi pa namin nakaka-away ang mga to.

"**Mga Sir... Baka pwedeng paubaya nyo sakin to para hindi na kayo mapagod.**" Mahinahong sabi ko.

Hindi magandang makipag-away ngayong andito ang Head Master. Makakarating sa kanya to, panigurado.

"**Hindi pwede! Sira-ulo yang babae na yan! Nagtatanong lang kami ng pangalan tapos sinuntok na agad yung kasama namin.**"

"**Muka nga kasi kayong unggoy!**" Sigaw ni Jay-jay na lalung nagpa-inis sa mga lalaki.

"**Aba't gago talaga to!**"

Agad na kong pumagitna bago pa man sila sumugod.

"**Sir... Pagpa-sensyahan nyo nalang. Malakas lang talaga trip nyan sa buhay kaya nang-aaway.**" Sabi ko pero mukang walang talab yun dahil tinabig lang nila ko.

No choice!

Bago pa man sila makalagpas sakin, hinawakan ko na sa braso ang isa sa kanila na kausap ko kanina. Tinignan nya ko at tinangkang tabigin ang kamay ko.

Seryoso ko syang tinignan. "**Nakiki-usap ako ng maayos, pero ayaw nyong makinig.**"

"**Bitiwan mo ko! Wala akong balak mag-sayang ng oras sayo!**"

"**Don't worry... I won't waste your time.**" Sabi ko at sinuntok sya sa muka.

Bumagsak sya at gulat na naka-tingin sakin. Tinignan ko yung iba na nagulat din sa ginawa ko. Humakbang ako palapit sa kanila at bigla nalang silang sumugod sakin.

Sunod-sunod ang pagsuntok ko sa mga muka nila. May ibang nagtangkang gumanti pero naka-iwas ako agad. Halatang mga baguhan sa ganitong gulo. Meron pa kong sinipa dahil naka-iwas sa

suntok ko.

Bagsak silang lahat at ang kaninang galit na itsura nila ay napalitan ng takot.

"**P-pre! Tara na!**" Sigaw ng isa sa kanila at mabilis na nagtakbuhan kahit halatang mga hirap kumilos.

Hinarap ko si Jay-jay na halatang hindi masaya sa ginawa ko. Salubong na salubong ang kilay nya habang naka-cross arm.

"**Are you alright?**" I ask.

"**Epal ka rin, eh no?**" Iritableng sabi nya. "**...away ko yun! Bakit ka nakisali?**"

Napayuko ako kasabay ng paghimas sa batok. "**Pinagtanggol lang kita.**"

"**Hindi ko kailangan ng pagtatanggol mo! Hindi ako Prinsesa na nanga-ngailangan ng Prinsepe'ng tutulong sakin!**"

No, your not a princess but soon you'll be.

"**Oo... Pero--- Jay!**" Hindi ko na natuloy ang sasabihin ko dahil sa bigla nyang pag-alis.

Sinundan ko sya at bahagyang tumakbo para maabutan ko sya. Ganun pa rin ang itsura nya. Wala akong balak ba hayaan syang makipag-away mag-isa. Kahit hindi sya manghingi ng tulong, tutulungan ko pa rin sya.

Kaylangan ko ng umisip ng isasagot sa Head Master.

Napatingin ako sa kotse ko. Naging sagabal yun sa daan at ang dami ng bumubusina. Lumapit ako don at binuksan ang pinto sa passenger seat.

Tinignan ko si Jay-jay at hinintay na sumakay. Tinitigan muna nya ko ng masama. Mukang nagdadalawang isip kung sasakay ba sya o hindi.

"**Baka ma-late na tayo... Tara na!**" Aya ko.

Malalim ang naging buntong hininga nya at sumakay sa kotse. Mabilis akong tumakbo palapit sa driver's dahil ang laking perwisyo talaga ng kotse ko sa kalsada. Buti nalang talaga at walang malapit na police.

Habang nasa byahe sa bintana na naman sya nakatingin. Kagaya ng lagi nyang ginagawa. Kailangan ko na syang maka-usap tungkol kay Head Master.

"**Jay-jay... Can we talk?**"

"**You're already talking.**" Bored nyang sagot sakin.

Patience.... Patience.

"**Remember our Family Tree? The Hanamitchi clan with the Head Master?**" I ask.

Minsan ko na kasing napaliwanag sa kanya ang Family Tree at tradisyon namin. Pero ang sabi nya wala daw syang naintindihan. Ang gulo-gulo daw ng pamilya namin.

Unti-unti syang humarap sakin at naka-taas ang isang kilay nya sakin. Kahit ganyan ang itsura nya kahit papano naka-ginhawa ako.

"**Well... Somehow, somewhere and something came up that our Head Master is in our house.**" Sinubukan kong ipaliwanag sa mabilis na paraan at malinaw para sakin. "**...And he wants to meet you.**"

Nawala ang mataray nyang reaksyon sakin pero nanatili syang naka-tingin. Hindi ko alam kung natatakot sya sa Head Master ng angkan.

"**Yuri...**" Tawag nya sakin at sandali ko syang tinignan. "**...Pwede favor?**"

"**A-anu yun?**"

"**Paki-hanap yung paki ko sa sinasabi mo. Hindi ko kasi**

makita." She said sarcastically.

Napabuntong hininga ako. I knew it. Ramdam kong meron syang ihihirit sakin kaya kahit nagtataka ako sa salitang '*favor*' na bintawan nya, hinayaan ko lang.

Hangang kelan ka magiging ganito?

Alam kong kasalanan namin to pero hindi ko maiwasan na hindi hanapin ang Jay-jay na nakilala namin. Ganito yata talaga ang nagagawa ng sakit. Nagagawang baguhin ang isang tao.

Nakarating kami sa school. Hindi pa man ako nakakapag-park ng maayos bumaba na sya ng kotse kagaya ng lagi nyang ginagawa.

Nakakalungkot. Kung ganito ng ganito baka kausapin ko na si Tanda at Angelo. Baka iatras ko na ang kasal.

+ +

Jay-jay's POV

Red Hair Nerd!

Bwisit tong Yuri na to! Sinira nya ang araw ko. Akala ko ba naman makakaligtas na ko sa kanya pero nahanap pa rin nya ko. Ibang klase!

Parehong-pareho sila ng bestfriend nya. May linyang pang-bangko. Akala mo naman! Kainis! Dapat sa kanilang dalawa sinusumpa.

Maging tatlo mata nila o kaya isa nipple.

Hindi pa ko nakakarating sa room namin pero parang meron na kong naamoy. Binilisan ko yung lakad dahil parang pamilyar sakin.

Pagtapat ko sa room nagkukumpulan sila sa likod kung nasan yung parang kusina namin---nila lang pala. Wala nga palang namin.

"**Pancake! Pancake! Pancake!**" Paulit-ulit na sigaw ni Ci-N habang kinakalampag ang lamesa. "**Pancake! Pancake!**"

"**Oo na! Para kang sirang plaka!**" Inis na sabi ni Eman.

Sabi na nga ba pamilyar ang amoy. Nag-luluto sila ng pancake. Ang sarap ng amoy at parang nakaka-gutom. Pero wala akong balak makisali sa kanila.

Umupo na ko sa pwesto ko at kinuha ang cellphone ko. Kinabit ko ang headset at sinalpak sa tenga ko sabay todo ng volume. Nakinig nalang ako ng music kagaya ng lagi kong ginagawa.

Parang mas gusto ko yung dati kong cellphone.

Madami akong games dun at kung anu-anu pa. Meron ding movie don. Kainis kasi! Kasalanan to ng Dimunyung Hari ng mga Ulupong. Pati tuloy cellphone number napilitan akong magpalit.

Naisipan kong itext si Percy. Nabo-bored na kasi talaga ako dito.

To: *Percing...*
Message: *anu gwa u?*

Akala ko nung una hindi sya magrereply kaya napangiti ako ng may dumating na message galing sa kanya.

From: *Percing...*
Message: *hulaan u* 😎

At nagpahula pa ang Gago.

To: *Percing...*
Message: *nagpp-GWAPO?*

From: *Percing...*
Message: *no need! I'm already handsome.* 😎

Napangiwi ako sa reply nya. Solid talaga ang kakapalan ng muka nito. Minsan kailangan ding ihampas sa pader para mabawasan.

To: *Percing...*
Message: 😎😎😎😎😎😎😎😎😎😎😎😎😎😎😎😎😎😎😎😎😎😎😎😎😎

Panigurado akong tinatawanan na naman nya ko. Tumunog ulit ang cellphone ko. Akala ko sya na yung nag-reply pero isang unknown number pala.

From: *+639*********
Message: *My life.*

Huh?! Wrong send pa ata.

To: *+639*********
Message: *wrung cind ka.*

From: *+639*********
Message: *Jasper Jean Mariano*

Muntik ko ng mabitawan yung phone ko. Agad kong niligid ang paningin ko sa pagbabaka-sakali na isa kanila ang nagtext na to. Baka pinagt-tripan lang nila ko. Pinagmasdan ko din mabuti yung number pero hindi pamilyar sakin.

To: *+639*********
Message: *hu u?*

From: *+639*********
Message: You're my everything.

May pangalan bang 'You're my everything'?

Mag tao talaga ngayon, hindi na makapag-pangalan ng matino. Unique kung unique ang hanap. Pati '*You're my everything*' ginamit na.

Tutuloy ko na sana ang pagreply sa kanya pero napahinto ako dahil sa plato na naka-balandra sa pagmumuka ko. Naka-ngiting inaabot sakin ni Ci-N ang plato na may lamang Pancake.

Mukang mainit pa dahil sa kaunting usok na nakikita ko. Tunaw na rin yung butter sa ibabaw at kalat-kalat ang syrup. Tinanggal ko yung headset ko at hinarap sya.

"Ayoko... Ikaw nalang kumain." Walang gana ko sabi at tinulak palapit sa kanya yung plato.

"**Masarap to! Naalala mo nung pinag-luto mo ko ng ganito?**" Buong galak nyang sabi.

Naaalala ko. Yun yung posting day ng grade at yun din yun araw na pinagbintangan syang magnanakaw. Pinili kong magkibit balikat sa kanya, yun nga lang syempre Ci-N Peralta to kaya naman...

"**Kunin mo na!**" Naka-ngiting sabi nya habang tinutulak na naman yung plato.

Tinulak ko ulit ang plato pabalik sa kanya. "**Wala akong gana kumain ngayon.**"

Muli na naman nyang nilapit sakin ang plato. "**Masarap to!**"

Anaknang...

Nagsisimula na kong mainis sa ginagawa nya. Muli kong tinulak ang plato pero ganun na naman ang ginawa nya. Nakangiti pa sya habang nakaharap sakin at lalung nakadagdag ang nararamdaman ko yun.

"**Ci, ayoko nga. Sayo nalang o ibigay mo sa iba.**" Mahinahon kong sabi.

"**Para sayo to.**"

"**Ayoko.**"

"**Tikman mo muna. Promise hindi ka magsisisi.**"

"**Ayoko nga.**"

Malapit-lapit na kong masagad sa ginagawa nya. Pinipilit kong pakalmahin ang sarili ko pero kung hindi sya titigil baka hindi ko na mapigilan ang sarili ko.

Kalma Jay, kalma.

Kinuha nya yung tinidor na nakapatong sa plato at kumuha ng kapirasong pancake. Nilapit nyang pilit sa bibig ko yun.

"**Tikman mo na.... Say ahhhh.**" Sabi nya habang nakatapat sa bibig ko yung tinidor na may pancake.

Nilayo ko yung muka ko pero nakasunod pa rin sya. *Naiinis na talaga ako!* Kusang tumaas ang kamay ko para tabigin ang kamay nya pero pati yung platong hawak nya natabig ko din.

"**Ayoko nga sinabi!**" Inis na sabi ko sa kanya.

Malungkot ang mga mata nyang nakatingin sa platong nasa sahig na ngayon. Pati ako napatingin na rin don.

Shit! Bakit ganito?!

Parang may kung anong kumukurot sa puso ko. Huminga ako ng malalim at umiwas pero nasa-lubong ko naman yung tingin ng mga Ulupong sakin. Iba-iba ang reaksyon nila.

"**O-okay lang... K-kukuha nalang k-kita ng bago.**" Sabi ni Ci kaya tinignan ko ulit sya.

Basag ang tinig nya at halatang malapit ng umiyak. Pinilit nyang ngumiti kahit nangingilid na ang luha nya. Nag-salubong ang kilay ko. Nawala na ang inis ko at napalitan na ng galit.

Galit sa sarili ko dahil nasasaktan ako.

"**Itigil mo na to! Hindi ka ba nakaka-halata?! Hindi na tayo babalik sa dati kaya sumuko kana!**" Galit na sabi ko.

"**Jay-jay.**" Sita sakin ni David para patigilin ako. Tinignan ko sya ng masama.

Narinig ko ang paghikbi ni Ci-N. Dahan-dahan akong humarap sa kanya at parang sinuntok ang puso ko ng makita kong pinupunasan nya ang luha gamit ang likod ng kamay.

"**B-bakit?**" Sabi nya. "**...Bakit a-ako susuko?**" Inangat nya ang tingin sakin. "**...sumuko kaba non nung pinagbintangan akong magnanakaw? Sumuko kaba non kay Calix at Mica, kay Denzel at Grace? Kay Drew? Sinukuan mo ba ang isa samin?**"

Tumigil kana!

Kinagat ko ang ibabang labi ko at tumingin sa ibang direksyon. Aaminin ko nahihirapan din ako ng ganito. Ayoko silang tiisin pero masakit eh.

"**...Kaya wag mo ko sasabihan ng sumuko! Kasi hindi mo ginawa samin kaya hindi ko din gagawin sayo.**" Dagdag nya at huminga ng malalim. "**...Dyan ka lang! Kukuha ulit ako ng Pancake.**"

Lumakad sya pabalik sa likod kung nasan si Eman. Kita ko ang pagtapik ng iba sa braso nya. Para bang sinasabi nila na tama sya.

Kainis! Hindi naman kasi dapat ganito!

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 209

A/N: Wala lang... Feel ko lang mag-author's note. Hahahahaha... Mais kasi! 🌽🌽🌽🌽🌽

Section E

Jay-jay's POV

Ang tahimik ni Percy. Kanina pa sya walang kibo mula ng dumating sya dala ang pananghalian ko. Nasa second floor ulit kami.

Tapos na kong kumain at kasalukuyang nakatitig sa likod nya. Nakatayo kasi sya at naka-sandal ang mga siko sa bakal. Nagbuntong hininga ako at tumayo para tumabi sa kanya. Sinandal ko din ang siko ko sa bakal at tinignan ang mga basura sa baba.

Ang sarap sanang tumambay dito sa second floor pero lakas makasira ng view yung mga basura.

"**Percy...**" Tawag ko sa kanya.

"**Mm?**" Sagot nya.

"**Ang tahimik mo ata. Anu meron?**"! Kuwaring pang-aasar ko pero nulang walang talab yun.

Tinignan lang nya ko at umiling. Nakakapanibago! Ang weird tuloy sa pakiramdam. Para bang meron syang sakit na malala.

"**Uy... Percy.**" Tawag ko ulit sa kanya at bahagyang tinabig sya.

Ngumiti ulit sya. "**Wala to... Magkwento ka nalang.**"

Kahit naguguluhan ako sa inaarte nya ginawa ko ang gusto nya. Nagkwento tungkol sa nangyari kaninang umaga. Sa pagitan namin ni Ci-N.

Tinakasan ko sya kanina matapos nyang tumalikod at kumuha ulit ng pagkain. Tumambay ako sa CR at nung feeling ko dumating na si

Sir dun lang ako bumalik na parang walang nangyari.

"**Ay harsh...**" Komento nya.

"**Hindi ko napigilan yung galit ko.**" Sabi ko na halos pabulong.

Napapikit kami pareho ng dumampi samin ang malamig na hangin. Presko talaga dito sa taas. Salamat sa mga puno sa paligid.

"**May itatanung ako sayo.**" Sabi nya at hinintay ko naman ang sasabihin nya. "**...Panu ka nakatagal sa Section na yan?**"

Nakatagal?

"**A-ang totoo...**" *Dahil pinaramdam nilang kabilang ako sa kanila. Dahil pinahalagahan din nila ko at prinotektahan. Dahil sinakyan din nila ang trip ko sa buhay.* "**...Hindi ko alam.**"

Malakas ang naging buntong hininga nya. Hinayaan ko naman sya dahil parang malalim ang iniisip nya. Naging tahimik kami ng mga sumunod na minuto.

Hindi pa rin mawala sa isip ko yung itsura ni Ci-N habang pinupunasan ang luha nya. Ganun naba ko katigas? Nag-iba naba ko? Masama na ba kong tao? Bumabalik naba ko sa dati?

"**Percy...**" Bulong ko na mukang hindi rin nya narinig. "**...panu ba magpatawad?**"

Hindi sya nagsasalita. Kaya malakas ang kutob kong hindi nya narinig ang sinabi ko. Aaminin ko, may bahagi ko ang nagsasabi na walang saysay ang pagtitiis ko.

Para saan nga ba ang pagti-tiis na to?

"**Mahirap.**"

Napa-angat ang tingin ko sa narinig ko. Halos bulong lang din ang pagkaka-sabi non kaya hindi ako sigurado sa narinig ko.

"**Mahirap.**" Pag-uulit nya. "**...Lalo na kung sobrang sakit ng ginawa nila.**"

Ako lang ba o parang may hugot sya sa sinabi nya. Seryoso pa naman yung itsura nya kaya parang meron talagang laman yung sinasabi nya.

"**May problema ka no?**" Tanung ko sa kanya. "**...halata na eh.**"

Bahagya syang yumuko at ngumisi. Sa ginawa nyang yun medyo gumaan ang pakiramdam ko.

"**Ang daya kasi...**" Sabi nya umikot para isandal ang likod nya sa bakal na sinasandalan ng siko nya kanina. "**...Sinabi ko naman sayo dati diba? Masama ang loob ko kay Mama?**"

Nag-nod naman ako at pinagpatuloy nya ang pagsasalita.

"**Iniwanan nya kami noon nung maliit pa ko---kagaya ng ginawa ng Papa mo sayo. Tapos nung nagkita kami ulit nung nasa ospital na ko. Ang masakit pa nito hinayaan nyang isipin nilang patay na ko...**" Nagbuntong hininga sya at tumingala. "**...nilayo nya ko dito at binigyan ng bagong buhay, pero lahat ng yun hindi man lang nya kinunsulta sakin.**"

Nagdisisyon sya ng hindi sinasabi sa kanya.

Alam ko yung pakiramdam na yan. Na parang wala kang sariling isip. Ginagawa nila sakin yan at sa totoo lang sobrang hirap.

"**P-panu mo sya napatawad?**"

"**Kusa nalang... Isang araw nagising nalang ako na unti-unti ng nawawala yung galit ko sa kanya.**" Nakangiting sagot nya sakin.

Kusa nalang?

"**Panung kusa?**"

"**Pinakita nyang bumabawi sya. Walang araw na hindi nya ko inasikaso kahit madalas ko syang sungitan.**"

Napayuko ako. Ganyan din ang ginagawa nila sakin ngayon pero kapag pumapasok sa isip ko yung salitang patawad bumabalik sakin lahat ng ginawa nila.

Pinagpustahan, pinagka-isahan at pinaniwala.

"**...Tapos ngayon nagsisimula na naman sya.**" Sabi nya.

Taka akong napatingin sa kanya. Kaya ba ganyan sya? Yun ba iniisip nya?

"**B-bakit?**"

"**Alam na kasi nyang nagpakita na ko sa lahat. Nagalit sya, hindi na daw dapat ako bumalik.**" Napailing sya habang kagat-kagat ang ibabang labi nya. "**...kainis!**"

Nakatitig lang ako sa kanya. Halatang inis na inis sa mga sinabi ng Mama nya. Pero may isang bagay sa isip ko na gustong gusto kong itanung sa kanya.

"**K-kelan babalik dito si Papa?**" May halong paki-usap ang tinig ko.

Nawala ang inis sa muka ni Percy at unti-unti syang naging seryoso. Dahan-dahan din ang paglingon nya sakin kasabay ng paglunok nya.

Natatakot ako sa isasagot mo sakin.

Huminga sya ng malalim. "**Hindi na...**" Bahagya syang umubo. "**...Hindi na sya babalik dito.**"

Umayos ako ng tayo habang hindi inaalis ang tingin sa kanya. *Hindi na babalik?* Anu to? Tang'na! Ilang beses nyang sinabi sakin na magkikita din kami tapos ngayon hindi na babalik.

"**...dahil ikaw ang pupunta sa kanya.**" Dugtong nya na nagpakunot sa noo ko. "**...pupuntahan mo sya sa New york.**"

Malalim ang naging paghinga ko. Hindi ko maintindihan. Naguguluhan ako kahit ang linaw-linaw naman ng sinabi ni Percy.

"**A-anung...**"

"**Hinihintay ko lang ang birthday mo... Legal age kana at wala**

ng kontrol sila Angelo sayo kaya pwede ka ng sumama sakin."

Lumunok ako at unti-unting umiling sa sinabi nya. Hindi pa rin napuputol ang tingin ko sa kanya kahit may ilang beses na kong kumurap.

"**S-sa tingin ko... Hindi mangyayari yan.**" Bahagyang nagsalubong ang kilay nya. "**...I-ikakasal na kasi ako pagtungtong ng birthday ko.**"

Kaya hindi ko na mapupuntahan si Papa.

"**...Kay Yuri.**" Sabi nya.

Hindi ako sigurado nung una kung alam nya ang engagement na yon pero syempre alam na ng buong Section E yun kaya hindi imposible na hindi nya malaman.

Nagkuyom ang kamao nya ng hindi ako sumagot. Para bang nagsimula na naman syang mainis. Alam kong may problema sya kay Yuri pero wala naman syang sinasabi kung ano yun.

Si Freya ang unang pumasok sa isip ko pero parang meron pang iba.

"**Ayos din yung Palito na yon. Sarap sindihan ng ulo.**" Sabi nya habang nakatingin sa ibang direksyon. "**...Palibhasa kasi duwag kaya kumikilos ng palihim. Inutakan ka pa para lang mapapayag sa kasal na yan.**"

Ang wirdo talaga nya pagdating kay Yuri. Lahat yata ng inis at sama ng loob nya lumalabas sa bibig nya kapag napag-uusapan yung isa.

"**Inaano kaba ni Yuri?**"

"**Buset kasi!**" Sigaw nya at naglakad-lakad. "**...duwag naman.**"

Nagsalubong ang kilay ko. Hindi sa kinakampihan ko si Yuri pero ang unfair lang kasi ng dating sakin. Hindi naman nya nililinaw kung anung dahilan ng galit nya.

"**Hindi sya duwag.**" Sabi ko at bigla nalang nya kong tinignan ng

masama.

"Kilala mo ba talaga si Yuri?" Iritang tanung nya.

Gusto kong sabihing '*OO*' pero hindi ko magawa. Naalala ko lahat ng sinabi sakin ni Ci-N at yung mga ginawa nya sakin. Mas tamang sabihin na...

"H-hindi."

"Kaya wag mong sasabihin na hindi sya duwag."

"Pero----."

Hindi ko na natuloy ang sasabihin ko ng bigla nyang sipain ang isang sirang upuan na naka-kalat lang malapit samin.

"I fvcking hate him." Dinig kong bulong nya.

Hinayaan ko muna syang mag-ikot-ikot at maglabas ng inis. Maka-ilang ulit syang huminga ng malalim. Magkaka-tropa talaga sila, hirap na hirap mag-alis ng galit.

Maya-maya pa ay muli syang bumalik sa tabi ko. Seryoso pa rin ang itsura nya at parang hindi naman nawala ang inis nya.

"Can i ask you something?" Tanung nya.

Handa na sana akong barahin sya ng '*your already asking*' pero pinigilan ko ang sarili ko dahil sa itsura nya parang sasapakin ako kapag hindi ako umayos ng sagot.

"A-anu yun?"

"Did Felix said anything about Gang war?"

Gang war?

Gyera ng mga Gang na walang magawa kaya naisipan nilang mag-away-away. Hindi naman kami nagkaka-usap ni Felix kaya wala akong narinig sa kanya tungkol don.

"Wa....la..." Sabi ko habang unti-unting umiiling.

"Isa pa yung nagpapa-init ng ulo ko! I heard him last night talking to someone over the phone. I try to talk to him but he refuse to tell me anything. We argue about it and I almost punch him." Paliwanag nya habang nagku-kuyom ang kamao.

Yun naman pala! Kaya may topak...

"A-anu bang pinag-uusapan nya ng kausap nya?"

"Hindi ko maintindihan eh. Basta makiki-sali daw sila sa Gang War na yan."

Wala akong maalala na isang Gang ang buong Section E. Kaya hindi ko rin maintindihan kung bakit makikisali sila sa gulo na yun. Isang Section o Grupo lang naman sila na mahilig makipag-basag-ulo pero hindi naman sila Gang.

"K-kelan daw yang Gang War na yan?"

Tinignan nya ko ng seryoso. **"Mamaya."**

Agad-agad?!

"...susubukan kong pigilan si Felix. Kainis! Nawala lang ako naging basagulero na yung kapatid ko."! Dagdag nya.

Pinagmasdan ko sya sandali hangang sa tumunog ang cellphone ko kaya tinignan ko. May textmessage na dumating.

From: *GagongBaliw*
Message: *my life...*

Eto na naman sya. Yung unknown number na text ng text sakin. Hindi ko na nga nirereplyan dahil aksaya sa oras. Pinangalanan ko na rin para makilala ko agad yung number nya.

Napatingin ako sa oras sa cellphone ko. 15 minutes nalang time na. Hinarap ko si Percy na kasalukuyang salubong ang kilay.

"Kailangan ko ng bumalik. Mag-t-time na." Paalam ko at nag-nod naman sya.

Niligpit muna namin yung pinagkainan namin at tinapon yun sa harap ng room. Lalayo paba kami eh muka namang tambakan ng basura yung harap.

Lumiko na ko pabalik sa room pero napahinto ako ng makita ko si Percy na naka-sunod sakin.

"**Aanu ka? Dun ang daan mo.**" Sabi ko sabay turo sa kabila.

"**Dyan muna ko sa room nyo. Tinatamad pa kong umuwi.**" Sabi at naglakad papunta sa room namin.

Sumunod ako sa kanya at hinayaan nalang sya sa gusto nya. Pagpasok sa room nasa kanya ang tingin ng lahat. Gulat at puno ng pagtataka ang mga itsura nila except dun sa hari.

"**Saan ka naka-upo?**" Tanung nya habang nililigid ang mata sa room.

"**Dito.**" Sagot ko habang nakaturo sa lamesa ko na nasa tabi lang ng pinto.

Tinignan nya yun at tinignan din si Ci-N na katabi ko. Ang tanging pwede nalang nyang upuan na malapit sakin ay yung bangkuan sa likod ko.

"**Bata...**" Tawag ni Percy kay Ci-N. "**...lipat ka. Dyan muna ko.**"

Naka-titig lang si Ci-N sa kanya. Tinignan nya ko tapos ay binalik din ang tingin kay Percy.

"**Ayaw.**" Sagot nya.

"**Sige na... Ngayon lang naman. Bukas dyan kana ulit.**" Paki-usap ni Percy.

"**Ayaw.**"

"**Paupo lang naman... Hindi ko naman aangkinin yang pwesto mo.**"

"**Ayaw.**"

"Ngayon lang naman."

"Ayaw."

Yan na! Nag-away na dalawang isip-bata.

Halatang nag-sisimula ng mainis si Percy sa ginagawa ni Ci-N sa kanya. Pwede naman kasi syang pumwesto sa likod ko bakit napili pa nya yung pwesto ni Ci. Goodluck naman kung mapa-alis nya.

"Anu bang meron dyan sa pwesto mo at ayaw mong iwan?" Iritableng tanung ni Percy.

"Gusto ko tabi kami ni Jay-jay."

"Gusto ko din sya katabi."

"Gusto kaba nyang katabi?" Mapang-inis na tanung ni Ci.

Humarap sakin si Percy at kita ko ang pagsalubong ng kilay nya. Hindi pa nawawala yung galit nya kanina mukang madadag-dagan pa.

"Papatulan ko tong bata na to." Inis na bulong nya sakin pero mukang narinig din ni Ci dahil sa pagsalubong ng kilay nito.

"Dun ka nalang kasi." Sabi ko sabay turo sa pwesto sa likod ko.

"Ayoko. Gusto ko dito." Sagot nya sakin.

Napabuntong hininga nalang ako sabay ng pag-iling. Umandar na naman kasi yung pagiging isip bata nya.

Hinarap ulit nya si Ci na masama na ang tingin sa kanya. Kulang nalang magsuntukan sila sa harap ko.

"Dyan na kasi ako. Bukas naman dyan kana ulit." Sabi ni Percy.

"Ayaw."

Mukang napikon na si Percy dahil sa pag-singhap nito.

"Pipitikin kita! Kanina ka pa!" Sigaw nya kay Ci.

"**Sisipain kita! Kanina ka pa!**" Sagot naman nitong isa habang ginagaya ang tono ng pananalita ni Percy.

"**Tapang mo ah?**"

"**Panget mo ah?**"

Humarap sakin si Percy habang naka-turo kay Ci-N.

"**Inaaway ako ng bata!**" Sabi nya na parang nagsusumbong sa magulang.

Napabuntong hininga ako at bahagyang lumapit kay Ci.

"**Lumipat ka muna. Bukas naman dyan kana ulit.**"

Bahagya syang ngumuso at kumurap-kurap. "**Pero gusto kitang katabi.**"

Bored kong hinarap si Percy. "**Ayaw talaga. Wala akong magagawa.**"

"**Kulit nitong bata na to! Bansot naman.**" Parinig ni Percy.

Agad syang tinignan ng masama ni Ci. "**Kulit nitong panget na to! Supot naman.**"

Nakarinig ako ng tawanan mula sa mga Ulupong. Mukang nakikinig sila sa away nitong dalawa. Napatingin ako kay Percy at mangilid-ngilid pa ang luha nya habang naka-turo sa sarili.

"**Panget daw ako tsaka supot! Papatulan ko talaga tong bata na to!**" Inis na sabi nya.

Napangiwi nalang ako. Mukang hindi pwedeng pag-samahin ang dalawang to. Bukod sa pareho silang isip bata, may iiyak at iiyak talaga sa kanila kapag nagka-pikunan.

"**Ewan ko sayo.**" Bored na sabi ko at naupo na sa pwesto ko.

Wala namang nagawa si Percy kundi ang umupo sa pwesto sa likod ko. May pagkakataon nag-aasaran pa rin sila ni Ci. Sasawayin ko

sana sila pero alam kong masasayang ang laway ko sa kanila.

Tumunog na naman ang cellphone ko. Isang textmessage na naman ang nareceive ko mula sa *GagongBaliw* na unknown number. Walang laman ang message nya kaya hindi ko pinansin pero maya-maya lang nagtext na naman sya.

From: *GagongBaliw*
Message: *ILoveYou my Everything...*

Tsk! Sino ba tong Gunggong na to!

To: *GagongBaliw*
Message: *Gunggong!*

Napapangiti pa ko habang sinesend ang reply ko sa kanya. Lakas kasi ng trip ayaw naman magpakilala. Malaman-laman ko lang kung sino to, papaduguin ko sa suntok ang muka nito.

From: *GagongBaliw*
Message: *I'm not Gunggong but maybe an Ulupong.*

Agad kong tinignan yung mga Dimunyung Ulupong. Wala ni isa sa kanila ang may hawak na cellphone o pwedeng kahina-hinalang gumagawa na naman ng kalokohan sakin.

Kainis! Sino ba to?!

To: *GagongBaliw*
Message: *Cno kb? Tiglan mo na ko, hnd ka nkktuwa.*

Hinintay ko ang sagot nya pero wala na. Hindi na sya nagreply pa. Mukang sinunod naman yung sinabi ko.

Dumating na ang teacher namin kaya naman tinago ko na ang cellphone ko. Humarap ako sa board at kuwaring interesado sa tinuturo samin pero ang totoo----walang pumapasok sa isip ko.

May pagkakataon na napapatingin ako dito sa mga katabi ko. Ayaw kasi talaga nilang nagpa-awat. Minsan pang magbatuhan sila ng papel.

"Bansot."

"Supot."

Pasinghal na bulong nila sa isa't-isa. Hindi ako natatahimik sa dalawa na to. Dapat yata hindi ko na papuntahin si Percy dito o kaya palayuin ko na si Ci-N.

Gulo kasi!

Habang naghihintay ng sunod na klase, kinuha ko yung cellphone ko at balak ko sanang maglaro. Napahinto ako ng makita kong may textmessage pala.

From: *GagongBaliw*
Message: *I'm ur saviour. I saved you from your kidnapper and claim my price at the same day.*

Kumunot ang noo ko. Anung sinasabi nitong Gunggong na to? Baliw ata ang lintik. Malamang baliw to! Wala na sa lugar yung mga pinagsasabi nya.

To: *GagongBaliw*
Message: *Ulowl men!*

Mabilis ang naging pagsagot nya sakin.

From: *GagongBaliw*
Message: *I miss ur lips. Can i claim it again?*

Bigla nalang akong kinabahan dahil sa pinagsasasabi nitong Baliw na to. Posible kayang si Kei----HINDI! Hindi to ang Hari ng mga Ulupong. Hindi sya magsasayang ng oras para lang gawin to.

To: *GagongBaliw*
Message: *The fvck! Cno kba tlga?*!

From: *GagongBaliw*
Message: *I told u. I'm ur saviour. I save you while you were blindfolded*
.

Blindfolded? Isang pagkakataon lang ang naalala ko na naka-piring

ako. Yung pagkidnap sakin kung saan nasaksak yung Dimunyung Hari.

To: *GagongBaliw*
Message: *Ikw yng humlik skin?*

Nanginginig ang kamay ko habang tintype ang mga yun. Hindi nga si Keifer ang humalik sakin non. Kung ganun sino tong hudlong na to?

To: *GagongBaliw*
Message: *u got it right.* 😈

Pakshit!

Sino tong Gago na to? Kinakabahan ako kahit hindi naman dapat. Nanginginig pa rin ang kamay ko. Hindi ko na sya nireplyan at tinago nalang ang cellphone ko sa bag.

Kung sino man to, wag syang papahuli sakin ng buhay.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. 😈 + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 210

A/N: Oo na! Oo na! Papahabain na po. Okay naba hangang Chapter 1000? Tapos bibigyan ko din ng flashback sila Yuri, Percy at Aries na umaabot ng 20chpters? Hahahahahaha... Sakit yata sa ulo non.

🌽 🌽 🌽 Yung Chapter 1000. Joke lang yan!

Gang War

Jay-jay's POV

Uwian! Ang pinaka-masaya sa oras ng pag-aaral. Uwian! Uwian!

"**Ako na maghahatid kay Jay-jay pauwi.**" Seryosong sabi ni Percy kay Yuri.

Walang kibong nag-nod lang si Yuri at tumingin sakin na malungkot ang mga mata. Inirapan ko naman sya.

Tinignan ko si Percy na masama ang tingin kay Felix. Ganun din naman ang kapatid nya sa kas. Kanina pa sila ganyan at kulang nalang mag-ispadahan ang mga mata nila.

Mukang mag-aaway pa.

"**Sumabay kana samin.**" Utos ni Percy.

"**May lakad kami.**" Seryosong sagot ni Felix.

"**Kung lumpuhin kaya kita para hindi kana makalakad.**" Banta nya sa kapatid.

"**Problema mo ba?!**"

"**Ayaw mong sumunod sakin!**"

"**Percy.**"

Pare-pareho kaming napatingin sa nagsalita na yun. Walang iba

kundi ang Hari ng mga Dimunyung Ulupong. Seryoso ang tingin nya kay Percy habang nakapamulsa ang isang kamay at hawak naman ng isa ang bag.

"**...Kaya na ni Felix ang sarili nya.**" Sabi nya at nilagpasan kami.

"**Iuwi mo na si Jay-jay. Aalis na kami.**" Sabi ni Felix kay Percy at umalis na.

Tuluyan na kaming naiwan sa room habang magkakasunod naman silang lahat na naglalakad palabas. Nagkatinginan kami ni Percy.

"**Naiisip mo ba naiisip ko?**" Tanung nya.

"**Hindi. Paki ko naman sa iniisip mo.**" Sabi ko at agad na nagsalubong ang kilay nya.

"**Wala kang saysay kausap no?**" Sarcastic na sabi nya sakin.

Oo naman. Ako pa!

Bahagya akong napangiti pero inismidan naman nya ko. Lumakad na sya at sumunod naman ako agad.

"**Anu ba iniisip mo?**" Tanung ko.

"**Susunod ako sa kanila. Ikaw umuwi kana.**" Sagot nya at mas binilisan pa ang lakad.

Binilisan ko din ang lakad ko para maka-habol sa kanya. "**Anu?! Sasama ako!**"

"**Isa ka pang makulit! Hindi pwede!**"

"**Basta sasama ako!**"

"**Hindi nga sinabi pwede!**"

"**Sasama ako!**"

"**Kulit neto!**"

"**Sasama ako!**"

Tumigil sya sa paglalakad at inis akong tinignan. "**Kulit! Oo na! Oo na!**"

Napangiti naman ako at nagpa-una ng maglakad sa kanya. Kala naman nya mananalo sya sakin. *Makulit to men!*

Sa labas ng school naka-park ang kotse nya. Dahil ako ang nauuna saming dalawa, kinailangan ko pa syang hintayin bago ako maka-sakay.

"**Tagal mo naman maglakad!**" Inis na sabi ko paglapit nya.

"**Wow ha!**" Sabi nya habang ginagaya ang boses ni Babalu.

Haha... Bagay sa kanya.

Binuksan nya ang pinto ng kotse at nagpa-una na kong sumakay. Sumunod naman sya at sandaling binuhay ang makina ng sasakyan pero hindi kami agad umandar.

"**Hindi pa tayo lalakad?**"

"**Maglakad ka, mag-ko-kotse ako.**" Sarkastikong sabi nya kaya buong lakas ko syang sinuntok sa braso.

"**ARAY!**" malakas na sigaw nya. "**...The fvck! What's wrong with you?!**"

"**Kinakausap ka kasi ng maayos kung anu-anu sinasabi mo dyan!**"

Inirapan naman nya ko habang hinihimas ang braso. May ilang minuto pa kaming naghintay bago nya tuluyang paandarin ang kotse.

Mabagal lang ang takbo nya. Handa na sana akong magreklamo sa ginagawa nya pero napatigil ako ng maintindihan ko na. Sinusundan namin ang kotse ng isa sa mga Ulupong at hindi kami pwedeng lumapit ng husto dahil mahuhuli kami.

Tili-tilino talaga tong Percing na to!

Malayo-layo na ang nabyahe namin pero hindi pa rin humuhinto ang sinusundan namin hangang sa bigla nalang lumiko. Sumunod ulit kami.

Wala ng bahay sa paligid. Puro tambak na sirang sasakyan nalang ang nakikita ko. Meron pang parang pinipi at pinagpatong-patong.

'*Parts for sale*'

'*Available Tires*'

Hindi ko alam kung anung lugar to pero puro signages ang nakikita ko. Nagbebenta ng parts ng kotse o kaya naman bumubili.

"Anung lugar to?" Tanung ko kay Percy.

"Garage at impound. Dito dinadala yung mga kotseng idi-dispose na."

Tinignan ko ulit yung paligid. Gabundok na bakal at shell ng kotse ang nakikita ko. Dahan-dahan ang andar ni Percy at bigla nalang nyang pinatay ang makina.

Naging tahimik sya habang tinitignan ang paligid. Hindi talaga ako sanay na ganito sya. Sanay ako sa pagiging makulit at korni nya.

Lasingin ko kaya sya?

"Anung gagawin natin? Dito lang talaga tayo?"

Tipid na tango ang ginawa nya. **"Marunong kabang mag-drive?"**

"H-hindi. Bakit?"

"Nothing."

Weird neto...

Kakaiba tuloy ang pakiramdam ko at para akong kinakabahan. Muka kaming ewan na naghihintay sa loob ng kotse. Narinig kong tumunog ang cellphone ko kaya agad kong kinuha yun.

May dalawang textmessage na dumating. Isa galing kay Yuri at isa

galing sa *GagongBaliw.* Una kong binuksan ang message ni Yuri.

From: *Yuri*
Message: *home already?*

Hindi ko sya nireplayan. Binuksan ko naman yung sunod na message.

From: *GagongBaliw*
Message: *i miss you*

Napangiwi ako sa nabasa ko. Eto na naman sya. Binura ko nalang ang message nya at nilagay ang cellphone sa bag ko.

"**Nagsisimula na sila.**"

Napatingin ako kay Percy ng sabihin nya yun. Tinignan ko naman yung paligid pero wala naman akong makitang tao o marinig na kahit anong ingay.

"**Ha? Wala nama-----aaagghhhh!**" Napasigaw ako dahil sa biglang pagbagsak ng malaking tipak ng bato sa hood ng sasakyan. "**S-saan galing yan?!**"

"**Damn it! Gasgas ang kotse ko!**" Sigaw ni Percy at ini-start ang makina.

Pinaantras nya ang kotse at niliko sa kung saan bago patayin ang makina at bumaba ng kotse. Ganun din ang ginawa ko at tinignan pa yung gasgas at dent sa hood ng kotse.

"**Wag kang lalayo sakin!**" Sigaw ni Percy kaya halos tumakbo akong palapit sa kanya.

Mabilis ang bawat hakbang nya at parang merong hinahanap. Pumwesto sya sa likod ng kumpol na patong-patong na kotse. Bahagya syang umupo at sumilip don. Tumabi ako sa kanya at nakisilip din.

Mula sa pwesto namin, kitang-kita namin ang mga kalalakihang nagsusuntukan. May suot na mask yung iba at balot na balot naman yung iba pero meron umagaw ng pansin ko ng husto.

Si Keifer....

Nasa gitna sya at merong kausap na may hawak na baseball bat. Poker face lang ang luko habang mukang galit naman yung kaharap nya. Tinignan ko yung paligid dahil parang sya lang ang nakikita ko.

"**Badtrip! Wala sila dito!**" Inis na sabi ni Percy.

Mukang si Felix ang hinahanap nya. Totoong wala sila dito. Bigla nalang tumayo si Percy at mabilis na naglakad. Sumunod ako sa kanya.

Parang akong aso nito! Badtrip!

Halos patakbo na ang ginagawa ko dahil sa bilis nyang maglakad. Ang lalaki ng hakbang nya at parang susugod sa laban.

Napahinto kami ng may lalaking naka-mask at ang tumumba sa harap namin. Agad akong hinatak ni Percy at tinago sa likod nya. Sabay pa kaming nag-angat ng tingin. Si Ci-N ang una kong nakita habang patuloy sa pagsipa sa kalaban nya.

"**Jay?**" Tawag ni David na may hawak pang lalaki sa leeg.

Lumingon si Ci-N samin at agad na ngumiti. Isang malakas na sipa ang binigay nya sa kalaban nya bago tuluyang lumapit samin.

"**What the hell are you doing here?!**" Iritableng tanung ni David.

"**Sali ka sa away? Papanoorin mo kami?**" Buong galak na tanung ni Ci-N sakin.

Tinignan ko lang naman sya at si David na hindi pa rin binibitawan ang lalaki sa leeg. *Papatayin ba nya yun?*

"**Si Felix nasan?!**" Inis na tanung ni Percy.

Nagtinginan muna si Ci-N at David. Walang nagsalita sakanila pero tumaas ang kamay ni Ci at tumuro ang daliri sa kung saan. Mabilis na tinungo ni Percy ang direksyon na yon at ako naman tong patakbong sumunod sa kanya.

"**Ginagalit ako ng lintik na yon.**" Dinig kong bulong nya.

Parang si Kuya Angelo lang....

Bigla kong naalala yung mga salitang binitawan ko sa kanya. Pakiramdam ko nasaktan ko sya. Pero masisisi nya ba ko? Pagod na pagod na ko kahit wala naman akong ginagawa.

Muli kaming sumuot sa kung saan at napansin ko sa isang sulok si Eren at Kit na binabanatan ng suntok at tadyak ang mga kalaban nila. Hindi naman nalalayo sa pwesto nila si Mayo at Josh na mukang kakatapos lang sa kalaban nila.

Binalik ko ang tingin kay Percy at dun ko lang napansin na malayo na pala sya sakin. Tumakbo ako para masabayan sya. Panay ang linga nya sa paligid.

Si Denzel at Drew ang sunod kong nakita. Bagsak na ang nga kalaban nila at kinakapkapan naman ni Drew ang mga bulsa nila.

"**Walang mga dalang wallet! Mga bobo!**" Inis na sigaw ni Drew ng makalagpas kami sa kanila.

Nakasalubong naman namin si Eman na dumudugo pa ang kilay. Bahagya pa syang nagulat ng makita kami pero pinili kong wag syang pansinin.

Si Calix naman ay naglalakad sa unahan namin habang may kinakaladkad na lalaking walang malay. Hindi nya kami napansin at tuloy-tuloy lang sa ginagawa.

Yun ang weird sa pakiramdam....

Ilang beses ko na silang nakitang makipag-away. Normal para sakin ang ginagawa nila dahil mga lalaki sila. Lagi nilang ginagawa yun at parang naging daily routine din nila noon.

Pero ngayon, parang ang brutal ng ginagawa nila. Parang mga walang awa sa kalaban nila at hindi nasisiyahan hangat hindi duguan at nahihirapan.

Ngayon ko lang sila nakitang ganito.

Noon, hahayaan na nila kapag bumagsak na pero ngayon parang hindi pa sila nasisiyahan. Kinakabahan ako mula kanina pero ngayon nagsisimula na kong matakot.

Ang sunod kong nakita ang nagpatibay sa takot ko. Si Edrix na kinadena ang kalaban nya sa isang poste at walang tigil nyang sinusuntok. Si Rory na walang tigil sa kakahampas ng kahoy sa dalawang lalaking nagmamaka-awa na sa kanya.

Shit....Bakit?!

Napakapit ako sa braso ni Percy ng hindi ko namamalayan. Mukang hindi naman nya pinansin yun. Patuloy pa rin sya sa paghahanap kay Felix.

Napahinto kami ng may malaglag na lalaki mula sa taas. Tumingala ako para makita kung saan galing yun. Si Blaster na nasa tuktok ng kumpol na bakal at frame ng kotse ang nakita ko.

Lalung humigpit ang hawak ko kay Percy dahilan para harapin nya ko.

"**Are you alright?**" Tanung nya.

Napalunok ako bago mag-nod sa kanya. Halatang hindi sya naniniwala. Hinawakan nya ang kamay ko at pinisil yun.

"**Yung totoo? May nararamdaman ka ba?**"

Meron....natatakot ako!

Pakiramdam ko lahat ng pumapasok sa lugar na to nagiging demonyo.

"**A-anu lang... Na-ta-tae lang ako.**" Palusot ko at napangiwi nalang sya.

Ang sarap sampalin ng sarili ko dahil sa sinabi kong yun. Pota! Ang sala-ula lang ng datingan. Hindi ko kasi masabi sa kanya dahil alam kong priority nyang mahanap si Felix.

"**Mati-tiis pa ba? May tissue ako sa kotse. Pwede na siguro sa**

isang sulok dyan." Sabi nya habang tumuturo sa isang bahagi ng naka-tambak na bakal.

Binawi ko ang mga kamay ko at binigyan ng nakaka-diring tingin. Ayos din mag-suggest to eh. Dito pa talaga at kung nakakalimutan nya, babae pa rin ako. Hindi naman pwedeng umupo nalang ako basta sa kung saan.

"**Matitiis pa!**" Inis na sabi ko at nagpa-una ng maglakad sa kanya.

Pero agad din akong bumalik sa kanya ng makarinig ako na lagabag. Para bang mga bakal na nagkalaglag. Kita ko ang pag-aalala sa muka ni Percy.

Shit! Wag naman sana....

Halos sabay kaming tumakbo at sinundan ang pinang-galingan ng tunog na yon. Nang marating namin yun, puro bakal lang na mukang bumagsak sa mataas na lugar ang nadatnan namin.

Inis na napasuntok si Percy sa hangin. Hindi pa rin nya kasi mahanap si Felix. Napatingin ako sa likod namin ng makarinig ako ng pamilyar na boses.

Yung mga Ulupong.

Mukang halos sunod-sunod silang naglalakad.

"**Percy.**" Tawag ko sabay turo sa dinaanan nila.

Magkasunod kaming naglakad. Pinuntahan din namin yung parehong direksyon na nilakaran ng mga Gago. Napahinto kami ng makita namin si Keifer.

Andun pa rin sya sa parehong pwesto nya kanina. Sa pagkakataon na to yung kaharap nya kanina, nakaluhod habang hawak-hawak nya ang kanang pupulsuhan.

Halatang nasasaktan na yung isa. Walang reaksyong pinalipit ng Gagong Hari ng kamay nung lalaki dahilan para mapasigaw yun ng malakas.

What the....

Natakpan ko nalang ang bibig ko. Ilang beses ng ginawa ni Keifer yun sa harap ko at ganun pa rin ang nagiging reaksyon ko. Napatingin ako sa mga naka-bulagtang tao. Mga walang malay at duguan. Hindi ko alam kung buhay pa rin sila o ano.

Iisipin ko nalang buhay sila kahit parang hindi na.

"**FVCK!**" Malakas na sigaw ni Keifer kaya napatingin ako sa kanya. "**This is not enough!**"

"**Anung 'not enough'? Keifer... Kalahati na ng mga Gang ang napabagsak natin.**" Sabi ni Felix habang tinuturo ang mga bagsak sa lupa. "**...anu pa bang kulang?**"

"**Do you think this will make us strong?! Ha?! Do you think this is enough?!**" Galit na sagot nya.

Hindi ko maintindihan ang nangyayari. Paki-explain nga author. Ang gulo kasi nung Dimunyung Hari.

(**N/A:** *mahal ka dw nya.*)

Tangina! Hindi na totoo yan. Uwian na! Nagkakalokohan na dito.

"**Anung gagawin natin? Salihan lahat ng Gang war dito satin?**" Iritableng tanung ni Edrix at tinignan sya ng masama nung Hari.

"**If that's the only way, then we will.**" Madiing sabi nya.

"**Dinadagdagan mo lang ang ka-away mo! Manghingi ka ng tulong dun sa pinsan ni Jay-jay. Mas marami syang koneksyon.**" Inis na sabi ni Josh.

"**Hindi pwede.**" Walang buhay na sabi ni Yuri habang naka-cross arm. "**...Ilalayo nya si Jay-jay satin kapag nagkataon.**"

"**Edi maganda!**" Sigaw ni Drew. "**...para masiguro nating ligtas sya.**"

Sabay na tumingin ng masama si Yuri at Keifer sa kanya. Malaking

bahagi ko ang nalito at na-curious sa sinabi nya. *Ligtas saan?* Bakit pakiramdam ko meron silang gulo na papasukin?

Hindi ko na dapat to iniisip pa. Pero hindi ako mapakali. Para bang nangangati ang utak kong alamin ang gulo nila.

Ipakamot mo! Dali!

Hindi na dapat ako nakiki-alam. Hindi na nga dapat ako sumama dito eh. Kasalanan to ni Percing. Yan tuloy kung anu-anu pumapasok sa isip ko.

"**Oh ba't ganyan kayo maka-tingin?!**" Inis na tanung ni Drew. "**...takot kayong mahiwalay si Jay-jay no?!**" Namamanghang tanung nya. "**...gagawan nyo ng kalokohan tapos ngayon magkaka-ganyan kayo!**"

Mabilis na dinampot ni Yuri ang kwelyo nya. "**Shut up, Drew.**" Madiing sabi nya.

Nakipag-matigasan si Drew sa titigan. Maging ang ibang Ulupong parang na-alarma din at umulingasaw ang tensyon. Kulang nalang lumipad ang kamao nila sa isa't-isa.

Magsuntukan na kayo!

Bigla nalang lumingon sa side namin si Ci-N, ganun din si David at Eman. Silang tatlo lang nung una pero mukang naka-ramdam ang mga Gago at lumingon na rin samin.

Binitiwan ni Yuri si Drew at malungkot na tumingin sakin. Puno naman ng pagtataka ang iba samantalang walang naging ibang reaksyon si Keifer.

"**J-jay? K-kanina pa kayo dyan?**" Tanung ni Felix habang nagpapalipat-lipat ang tingin nya samin.

Hindi ako makasagot dahil nasa harap ko si Percy at kahit nakatalikod sya sakin ay ramdam ko ang galit nya. Mukang malapit-lapit na rin syang sumabog sa galit.

Mabagal ang bawat hakbang namin habang palapit sa kanila.

Kulang nalang dagdag na effect na usok at hardcore na music. Action star lang ang peg.

"**Ito ba pinagkaka-abalahan mo?**" Mahinahon peros bakas ang diin sa boses ni Percy.

Hindi makasagot si Felix at piniling umiwas ng tingin. Mukang alam ni Percy na wala syang makukuhang sagot sa kapatid kaya si Keifer at Yuri ang hinarap nya.

"**Eto ba tinuro nyo sa kapatid ko nung wala ako?!**" Galit na tanung nya. "**...Tinuruan nyong sumali sa patayan?!**"

Nag-tinginan si Yuri at Keifer sa halip na sagutin si Percy. Pareho silang tumalikod at parang lalakad paalis. Ang lakas maka-bastos ng ginawa nila at hindi ko napigilang hindi magsalita.

"**Wag nga kayong bastos!**" Inis na sigaw ko sa kanila.

Humarap si Yuri sakin matapos huminto, samantalang nanatiling nakatalikod si Keifer samin.

Mas mabuti yan... Mas mabuting hindi kita makaharap.

"**Jay----.**"

Agad na pinutol ni Percy ang sasabihin ni Yuri. "**Damn it, Yuri!**"

Nagbuntong hininga si Yuri at sandaling yumuko. Bago pa man bumuka ang bibig nya para magsalita, inunahan na sya ng Hari.

"**Your brother has his own mind. Turuan man naman sya, nasa sa kanya na kung sasama sya samin.**" Sabi nya ng hindi humaharap samin.

Lahat ng tingin ay lumipat sa kanya. Kahit ako sa kanya din naka-tingin at sa hindi ko maintindihan na dahilan nakaramdam ako ng kakaiba.

Natatae nga ata ako?

Pero hindi eh! Para bang may nakatingin sakin. Awtomatikong

luminga ang paningin ko sa bandang likuran. Wala naman akong makita na kung anong kakaiba.

Pinagpatuloy ko ang pagtingin at saktong pag-ikot ng katawan ko, sa mismong tapat ko ay may lalaking nakatayo. Bahagya akong napa-atras pero huminto din.

Naka-maskara sya ng itim na may tusok-tusok----parang sa porcupine pig. Naka-yukos pero mas mukang kuba, panay ang galaw ng ulo nya habang diretsong naka-tingin sakin dahilan para gumalaw-galaw yung mga tusok-tusok.

Okay... Ang creepy nya.

May hawak syang patalim sa kanang kamay. Napalunok ako ng ilang beses. Sinubukan kong humakbang paatras pero nakita kong hahakbang din sya pasulong sakin. Hininto ko ang balak ko at ganun din sya.

Putik! Kung lilingon ako para tawagin si Percy----na kasalukuyang nakikipag-talo----baka bigla nalang syang sumugod sakin. Bumibilis ang tibok ng puso ko dahil sa takot at nerbyos.

Tangina naman...

Hindi na ko nakagalaw sa kinatatayuan ko. Hindi ko mapigilang hindi manginig. Nakakatakot kasi ang pormahan nya. Idagdag pang mukang ako talaga ang target nya.

Handa na sana akong sumigaw ng malakas pero mukang nakita nya yun at inunahan ako. Sumugod sya sakin habang nakaturo ang patalim sa katawan ko.

"**P-PERCY!**" Sigaw ko at napa-pikit.

Hinintay ko ang pagtama ng patalim sa katawan ko pero parang wala akong maramdaman. Naka-angat pa ang dalawang braso ko para sana salagin. Unti-unti kong dinilat ang mata ko at don ko nakita ang dahilan.

S-si Keifer.... *Na-naman?!*

Hawak ng isang kamay nya ang kanang pulso ng lalaki. Samantalang nasa leeg naman ang isang kamay nya. Bahagyang naka-angat sa lupa ang mga paa nito.

"**Who the fvck are you?!**" Galit na tanung ng Hari sa lalaki.

Naramdaman ko ang pag-akbay sakin ng kung sino. Tinignan ko yun at ang nag-aalalang muka ni Percy ang bumungad sakin. Bahagya akong sumandal sa kanya dahil sa panlalambot ng tuhod.

Binalikan ko ng tingin yung lalaki. Sa halip na sagutin si Keifer, tinawanan lang nya at lalong mainis tong isa. Napalitan ng ungol ang pagtawa nya. Hinigpitan kasi ng Hari ang pagkakahawak sa kanya.

"**What the hell do you want?!**"

"**We... Want... Her... Dead.**" Pa-udlot-udlot na sabi nung lalaki at tumingin sakin.

We? Hindi lang isa?

"**Who?! Who want her dead?!**" Galit na tanung nung Hari.

Sa halip na sagutin, tinawanan na naman nya kami. Anu ba to? Baliw? Putik na yan! Dapat yata talaga hindi na ko sumama dito.

Mukang napikon na si Keifer sa kanya. Pinalipit nalang nya ang pupulsahan at nadinig ko pa ang paglagutok ng buto nito. Malakas na hiyaw naman ang sinagot nya kay Keifer.

Pero ang nagpa-ngamba sakin ng husto ay yung sinabi nyang '*we want her dead*'. Sino sila? Bakit nila ko gustong mamatay?

Malalim ang naging buntong hininga ko. Mukang alam ko na ang sagot. Tinignan ko ng masama si Keifer. Binitiwan nya yung lalaki at pinanood na mamalipit sa sakit.

"**Kasalanan mo to!**" Sigaw ko sa kanya. "**...Ako na naman ang puntirya nila! Dahil na naman sayo!**"

Ngayon naman gusto nila kong mamatay!

"Hahahahahaha!"

Pare-pareho kaming napatingin dun sa lalaking naka-maskara. Hawak-hawak nya ang pulso nya at parang baliw na tumatawa.

"Si Sato, si Jason at si Ram." Tinignan nya si Keifer, Yuri at Ako.

Paking-shit!

Nambintang pa ko, may kasalanan din pala ako. *Pero kasalanan parin nya!* Kainis! Bwisit kasi! Hindi na nga normal ang buhay tapos ngayon nasa bingit pa ko ng kamatayan.

"Sinong Sato?!" Medyo inis na tanung ni Keifer.

"Keifer." Tawag ni Yuri sa kanya.

Wala syang emosyon habang naka-yuko. Pare-pareho kaming nagtataka nung una pero ng magsalita sya, naging malinaw sakin ang lahat.

"Naka-laban ko sya dati." Sabi nya. **"...at mukang binabalikan na nya ko."**

Tapos ako na naman... Shutanginamers naman!

Ang gulo! Sobrang gulo nito. Bakit ba kasi ako nagpunta dito?

"Bumalik ka..." Sabi ni Keifer na naka-tingin dun sa lalaking naka-maskara. **"...bumalik ka kila Sato, Jason at Ram. Sabihin mong ako ang balikan nila at paghahandaan ko sila."**

Halatang nagpipigil sya ng galit at iniiwasang saktan ulit ang lalaki. Dahang-dahang tumatayo ang lalaking naka-maskara at unti-unti naglalakad palayo. Medyo matagal bago sya nawala sa paningin namin.

"Hindi ko alam na ganito ang nangyayari dito." Sabi ni Percy. **"...Wala akong choice."**

Taka akong nakatingin sa kanya. Isa pa syang nagpipigil ng galit. Tinignan nya si Felix na nagtataka din sa sinasabi nya.

"Sasama kayo sakin pabalik ng New York."

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 211

A/N: Marami akong changes na ginagawa sa iba't-ibang chapter. Baguhan pa ko ng sinusulat ko ang AMNSE kaya marami pa kong hindi alam na ina-appropriate pala. So please bear with me, I'm trying my best to change those parts as fast as I can.

Birthday gift

Jay-jay's POV

Yung natitigan ko bigla yung mapa ng mundo. Ga-tuldok lang ang pilipinas, samantalang ga-pantal naman ang new york. Ang layo!

Kabilang bahagi na ng mundo!

Saan kaya dyan si Papa? Kung sasama ako, gano kami katagal sa New York? Panu yung pag-aaral ko? Panu na si Lola? Panu na yung mga maiiwan ko dito? Panu kung hindi na kami bumalik? Panu kung... Panu kung... Panu kung...

Panu kung... Ang dami kong tanung!

Nalukot ko ng wala sa oras yung mapa. Hindi ko kasi maintindihan yug nararamdaman ko. Para bang nae-excite ako na natatakot. Halo-halo tapos sasamahan pa na parang may paro-paro sa tyan ko.

Hindi ako mapa-kali sa kinauupuan ko. Malaking bahagi ko ang nagsasabi na sumama ako. Syempre! Makikita ko na si Papa. Pero may isang bahagi ko ang nagsasabi na hindi ako pwedeng sumama.

Tsk! Kainis naman ih!

Ang isa pang iniisip ko, si Kuya Angelo. Alam kong hindi sya papayag. Hindi rin papayag sila Tita Gema at Mama. Pero malinaw sakin ang sinabi ni Percy.

'*Itatakas kita kung hindi ka nila payagan. Basta sasama ka sakin.*' - Percy

Tatakas kami? Jusme.... Baka kung saan nalang kami pulutin non. Para kaming mag-syotang magtatanan. Hindi ko yata kaya yon.

Napatingin ako sa cellphone ko ng tumunog yun. Ay dumating na text message. Galing kanino? Galing sa GagongBaliw na panay ang padala ng text message sakin.

Eto na naman sya! Kulit!

From: *GagongBaliw*
Message: *my life, my wife...*

Napakunot ang noo ko. Kakaiba kasi talaga ang pakiramdam ko sa nagtetext na to. Kailangan ko atang hiramin ang sosyaling instinct ni David. Gusto ko na kasi talagang malaman kung sino tong hudas na to.

Nang masapak na sa muka.

Halos madurog ang screen ng cellphone ko sa pagt-type ng message sa Gunggong na panay ang text sakin. Matamis ang naging sagot ko sa kanya.

To: *GagongBaliw*
Message: *Tangina mo!*

Oh diba? Ang sweet ng reply ko!

Tignan ko lang kung hindi umusok ang ilong nya sa galit. Kahit sino naman magagalit kapag minura ka sa text ng wala ka mang ginagawang masama.

At nang tumunog ang cellphone ko. Nakangiti pa kong basahin ang message nya.

From: *GagongBaliw*
Message: *ILoveYouToo!*

Laglag ang panga ko habang napapa-kurap-kurap ang mata. Gusto kong ipukpok ang cellphone ko sa pader dahil sa inis----pero sayang, kakapalit lang nito.

Gustong-gusto ko na talagang makaharap ang animal na to. Kahit isang beses lang. Ipapadama ko lang sa kanya ang tamis ng kamao ko.

May ideyang pumasok sa isip ko. Hindi ko nga lang alam kung gagana.

To: *GagongBaliw*
Message: *Meet tyo... Gs2 kita mkita.*

Sana lang talaga kumagat ang punyeta. Muling tumunog ang cellphone ko, indikasyon ng pagsagot nya.

From: *GagongBaliw*
Message: *Bsta ba ready kng mg-make love skin.* 😉

Ay ulowl!

Anak ng Gago ang hayop. Ang masasabi ko lang sa kanya ay, malutong na malutong at malalim na hugot ng *PUTANG'NA MO!* Manyakis ang hudlong. Malaman ko lang talaga kung sino to, mag-super sayan 4 ako.

Sarap basagin sa suntok ng muka nya. Nang-gigil talaga ako. Mas lalu pa kong naiinis kapag naiisip na kilala ko ang hayop na to.

Si Keifer kaya to?

Imposible! Hindi papatol sa ganitong gawain yun. At para saan naman tong pagtetext nya kung sya nga to----kung sakali lang. Pinati-tripan ako? Libangan? Eh kakaiba naman pala talaga ang trip nya sa buhay.

'*I'm just playing around.*'

Shit! Parang may kung anung kumirot sa puso ko ng maalala ko yung sinabi nya. Nakatingin pa talaga sya sakin habang sinasabi yun. So lahat ng pinapakita nya, laro lang pala sa kanya.

Kainis!

Padabog kong nilapag ang cellphone ko sa study table. Nayanig ang

ilang gamit ko, kagaya ng mga papel na patong-patong. Bahagyang gumalaw yun at lumitaw ang isang invitation.

Dahan-dahan kong kinuha yon at halos madurog ang puso ko ng makita ko yun. *Invitation ni Ci-N!* Napaupo ako sa kama.

Birthday ni Ci-N...

Naalala ko na naman yung pag-iyak nya sa harap ko. Yung mga salitang binitawan nya habang umiiyak at pilit pinupunasan ang luha. Dun ko napatunayan na kahit Ulupong sya, magnanakaw ng halik kay Rakki at puro kalokohan....isa pa rin syang Bata. Malungkot na bata.

Pakiramdam ko napaka-sama kong tao habang pinapanood syang umiyak sa harap ko. Mayaman sila Ci-N pero mahirap sya sa pagmamahal ng magulang. Namamalimos ng oras sa kanila. Lagi nyang sinasabi na okay lang kahit wala sila, kasi andyan ako sa tabi nya.

Ako daw ang pumuna sa pagkukulang ng pamilya nya.

Napahigpit ang hawak ko sa invitation. Naiinis ako! Naiinis ako sa sarili ko! Naiinis ako dahil nagpaloko ako! Naiinis ako dahil ang daming nasira ng mga kasinungalinan nila sakin! Naiinis ako dahil niloko nila ko! Naiinis ako dahil kahit sinaktan nila ko, may parte ko na hinahanap sila. May bahagi ko na gusto ng lumapit sa kanila at tanggapin sila.

Pero hindi na pwede.... Hindi na kami kagaya ng dati!

"**S-sorry Ci-N... Hindi na k-kasi babalik yung dati.**" Pabulong kong sabi.

Binitiwan ko ang invitation at mabilis na nagpunta sa banyo para maligo. Sa huling pagkakataon, kahit hindi na maulit. Gusto ko ulit makitang ngumiti si Ci-N na parang walang problema, na parang sya ang pinaka-masaya sa lahat ng tao sa mundo, na parang kaya ka ring pangitiin ng ngiti nya.

Sa huling pagkakataon.

Pagkatapos maligo, nagbihis ako. Dinala ko ang wallet ko at cellphone. Paglabas ng kwarto ko, si Kuya Angelo agad ang nakita ko. Magpapa-alam na sana ako sa kanya pero tinalikuran nya ko.

Mukang masama pa rin ang loob nya sakin. Pinili ko nalang magpa-alam kay Tita Gema. Mukang wala si Mama dahil kaninang umaga ko pa sya hindi nakikita.

Bago lumabas ng gate, tinignan ko muna ang paligid. Baka kasi meron na namang sumusunod sakin at pagtangkaan ang buhay ko. Hindi pa ko nakaka-get over sa '*we want her dead*' na yan. Malay ko ba kung sino sila. Baka mamaya, nagpapanggap silang pulube para makalapit sakin.

"**Ate, palimos po.**"

"**Shutanginamers!**" Malakas na sigaw ko habang naka-amba ng karate sa kamay.

Mukang nagulat naman yung batang namamalimos dahil sa biglaan nyang paglayo. Nagulat din naman ako eh! Panu kung totoo yung hinala ko.

"**Sino ka?! Sinong nagpadala sayo dito?! Sabihin mo! Sabihin mo!**" Sabi ko habang iniikot-ikot yung kamay ko sa ere.

Feeling action star ako!

Nanginginig pa ang kamay nya habang winawagayway kasabay ng pag-iling. "**A-ako po s-si Shan. W-wala pong nagpadala s-sakin.**"

Siningkitan ko sya ng mata habang sinusuri ang buong katawan nya. Puro dumi at sugat ang binti nya. Ang baho din ng amoy nya at mukang sampung taong hindi naligo.

"**Wala talagang nagpadala sayo dito? Walang lumapit sayo para bayaran ka tapos utasan na lapitan ako?**" Tanung ko.

Umiling-iling sya. Mukang malapit-lapit na syang maiyak. Nangingilid na kasi ang luha sa mata nya. Binaba ko ang kamay ko pero hindi ko pa rin inaalis ang tingin ko sa kanya.

"**P-pwede na p-po ba kong u-umalis?**" Paalam nya habang unti-unti'ng humahakbang.

"**Sandali!**" Sigaw ko at para syang aatakihin sa puso.

Masyadong nagmamadali!

Dinukot ko ang wallet ko at kumuha ng barya. Inabot ko sa kanya yun at taka naman nya kong tinignan.

"**Akala ko namamalimos ka? Oh ayan na!**"

Dahan-dahan nyang itinaas ang kamay para abutin ang barya. Kinuha nya yun at napataas agad ang isang kilay ng makita nya ang halaga ng inabot ko sa kanya.

"**Ito lang?**" Medyo inis na tanung nya.

Wow... Ni-lang nya ang 10pesos.

"**Bakit?! Ayaw mo? Akin na...**" Sabi ko habang binabawi ang pera pero nilayo naman nya ang kamay. "**...Ayaw mo yata eh.**"

"**Hindi n-naman po... Pero baka pwede pong dagdagan?**"

Wow! Demanding ang pulube...

"**Eh kung pektusan kaya kita!**" Banta ko sabay amba ng hampas sa ulo nya.

"**Sige na Ate, tinakot mo naman ako eh!**"

Ay hindi ko kinaya ang batang pulube.

Nakasimangot akong kinuha ulit ang wallet ko sa bulsa. Kumuha ako ng 100pesos at inabot sa kanya.

"**Oh ayan! Saksak mo sa baga mo!**" Inis na sabi ko pero tinawanan lang nya ko. "**...sige na! Alis na! Umuwi kana sa inyo at maligo ka. Nahiya yung pabango ko sa amoy mo.**"

Inamoy nya sandali ang sarili. "**Wala naman akong amoy.**"

"Anung wala? Ayan! Amoy na amoy kita. Kahit langaw ayaw dumapo sayo."

"Sarili mo lang yun Ate... Tandaan malapit ang ilong sa bibig."

Ay wow! Wow talaga...

"Kung pag-isahin ko kaya ang ilong at bibig mo? Bet mo? Ha?!" Banta ko.

Bahagya syang umatras habang nakatawa. Pumapatol pa naman ako sa bata. Mga isang kutos lang sa ulo. Solve solve na ko non.

"Umuwi kana nga! Wag mong pang-aadik yan!"

Tinaas nya ang perang inabot ko habang naglalakad paatras at naka-ngiti sakin.

"Bibili ko po to ng bigas! Salamat po dito Ate!"

Sinenyasan ko nalang syang umalis na. Mabilis naman syang tumakbo paalis. Ewan ko pero bigla kong naalala si Ci-N sa kanya.

Sana magawa ko pa ulit syang pangitiin ng ganun. Nagpatuloy ako sa paglalakad papunta sa kanto. Pumara ako ng jeep at mabilis na sumakay.

Sa pinaka-malapit na mall ang punta ko. Wala pa kasi akong ideya sa kung anung ireregalo ko sa kanya. Laruan sana pero alam kong marami na sya non. Alanganin ang damit dahil baka hindi nya suotin sa dami ng damit nya. Hindi ko naman alam ang size ng sapatos nya.

Habang naniningin sa department store may nakita akong pamilyar na tao. *Si Rakki...*

Balak ko sanang umiba ng daan pero mukang nakita na nya ko. Nakangiti syang lumapit sakin habang may hawak na paperbag.

"Hi, Jay!" Buong galak nyang bati sakin.

"Hello..." Pilit kong sagot.

Mukang naramdaman nya na wala akong gana humarap sa kanya. Bahagyang nawala ang ngiti nya sa labi. Hindi naman ako galit sa kanya o ano. Sadyang wala lang akong gana humarap sa kahit na kanino.

"**Tumitingin k-ka din ng ire-regalo kay Ci-N?**" Alanganing tanung nya.

Nag-nod naman ako. "**Ikaw din?**"

"**Oo eh.**"

Naging tahimik kami pagkatapos non. Bahagya akong tumingin-tingin sa paligid at ganun din sya. Ayoko syang paalisin o iwan dahil parang ang bastos ko naman non. Kaya kahit labag sa loob ko....

"**G-gusto mong s-sabay na tayo tumingin?**" Aya ko.

Agad syang ngumiti at nag-nod. Nasira na ang plano kong tumingin mag-isa. Panu ko iisipin ang pwede ko iregalo kung may kasama akong madaldal.

Kasalukuyan kaming nasa men's section ng department store. Wala naman akong nagustuhan para sa kanya.

Para sarili ko meron. Bakit ba sa Men's Section ako tumitingin ng isusuot ko?

"**Jay... Gusto mong kumain muna?**" Tanung ni Rakki at dun ko naramdaman ang gutom.

Napahawak ako sa tyan ko at tumingin sa kanya. "**Sige.**"

"**Ako ng bahala kung saan, libre ko naman.**" Sabi nya at hinawakan ang kamay ko habang naglalakad.

Yun oh! Nakatisod na naman ako ng libre...

Dinala ako ni Rakki sa restaurant. Nginitian kami ng waiter na may dalang menu at tinuro sa magiging table namin. Muka akong ewan habang pinag-mamasdan si Rakki makipag-usap sa waiter.

Ngayon ko lang kasi napag-tanto na mayaman pala si Rakki. Dati ko na sinabi na muka syang Angel pero akala ko kagaya ko lang din syang dukha----ibig ko sabihin, may kaya pero sakto lang.

"**Ako na umorder, may gusto ka pa bang idagdag?**" Tanung nya na nagpabalik sakin sa ulirat.

Dahan-dahan akong umiling. "**W-wala na. Salamat.**"

Muli nyang kinausap ang waiter. Muli ko din syang pinagmasdan. Napatingin ako sa daliri nyang nakasuot ng diamond ring.

Yaman nito!

"**Maganda ba?**" Tanung nya at umangat ang tingin ko sa kanya. "**Regalo sakin ng brother ko.**"

May ganyan din ako.... Bigay ni Yuri.

Ngumiti nalang ako at nag-nod. Swerte nya sa kapatid nya. Samantalang ako, saksakan ng swerte. Dalawa kapatid ko. Isang may saltik at saksakan ng sungit. Isang baliw na parang naliligo sa kakornihan.

"**Kamusta nga pala kayo ni Ci-N?**" Tanung nya na nagpatigil sakin.

Sa tono ng pananalita nya, mukang alam na nya ang nangyari samin ng Section E. Yun din siguro ang dahilan kaya inaya nya ko.

"**Hmmm... Hindi ko alam.**" Walang buhay kong sagot.

Yumuko sya at pinagmasdan ang kamay. "**Humihingi ako ng tawad para kay Ci-N.**"

Tama ako... Alam nga nya.

"**H-hindi mo kailangang manghingi ng sorry para sa kanya.**"

Huminga sya ng malalim at tinignan ako. Hinawakan nya ang isang kamay ko na nakapatong sa table.

"**Mahalaga ka para kay Ci-N.**" Sabi nya na pumiga sa puso ko. "**...lagi ka nyang pinag-mamayabang sakin.**"

Shit naman!

Napakagat ako sa ibabang labi ko. "**Hindi mo kailangang gawin to.**"

Binitiwan nya ang kamay ko. Napatingin kami sa waiter na may hawak na tray. Dumating na pala ang order namin.

Naging tahimik kami habang kumakain. Hindi ko talaga maintindihan kung bakit kailangan nya pang gawin to. Kung bakit sya ang humihingi ng tawad para kay Ci-N.

Habang patuloy kami sa pagkain, may isang pamilya malapit sa pwesto namin ang nagtatawanan. Sandali silang nagpalakpakan kaya napatingin ako sa kanila. May batang lalaki sa harap nila ang sumasayaw habang naka-ngiti. Todo suporta naman yung magulang ng bata.

"**Hindi pa nararanasan ni Ci-N ang ganyan.**" Sabi ni Rakki. "**...Ang suportahan sya ng pamilya nya sa gusto nya.**"

Alam ko... Sinabi nya sakin dati.

"**Galit sa kanya ang Kuya at Ate nya. Hindi ko alam kung dahil ba naiinggit sila o naiinis lang talaga sa kanya.**" Dagdag nya.

Alam kong matagal na silang magkakilala. Sabi ni Ci, nagpupunta daw dati si Rakki sa kanila pero hindi sila masyadong nag-uusap. Hangang sa naging magka-klase sila nung second year pero napunta naman si Ci-N sa Section E dahil sa kagagawan ni Freya.

"**Magka-anu-anu ba talaga kayo ni Ci-N?**" Wala sa sarili kong tanong.

Humarap sakin si Rakki at ngumiti. "**Something special.**"

Aruy... Anu yang special na yan? Order ng goto sa kanto.

Bahagyang nalukot ang noo ko. Ayaw pa kasi sabihin. Sa dami ng

ninakaw na halik sa kanya ni Ci-N, iisipin kong mag-syota sila.

"**Pero gusto mo ba sya?**" Tanung ko at dali-daling namula ang pisngi nya.

"**O-oo...**"

"**Sakto! Patay na patay sayo yung isa. Anu pang hinihintay mo?**"

Napangiwi sya sa sinabi ko. "**Jay-jay naman ih! Nakita mo naman si Ci-N di ba? Katawang pang-katorse isip pang-kwatro.**"

May point sya don.

"**...Tsaka isa pa, ayokong magka-boyfriend ng katorse anyos. Komplikado masyado, siguro kung 18 na si Ci tapos gusto pa rin namin ang isa't-isa. Baka ako pa ang magbigay ng motibo sa kanya.**"

Nahiya naman ako. Sa edad na katorse tumatanggap na ko ng manliligaw. Naghihintayan pa kami sa kanto para sabay pumasok. Ako naman tong kilig na kilig dahil first time kong nagka-jowa.

Yun pala bakla.

Dun ko napagtanto na hindi naman pala dapat seryosin ang pakikipag-relasyon. Kaya ng niligawan ako ni Cyrus parang wala lang sakin. Kasi nga ayokong damdamin masyado.

"**Pero naawa ako sa kanya.**" Sabi nya na pinag-taka ko. "**...Proud ang magulang nya sa kanya dahil matalino sya. Pero hindi naman nila pinapakita sa kanya. Tapos minsan pipilitin pa syang gawin ang mga bagay na ayaw nya kaya lalu syang nagiging isip bata.**" Nagbuntong hininga sya. "**...Lalu pang naging komplikado dahil napunta sya sa Section E. Minsan hindi na nya sinusunod ang magulang nya at mas nakikinig pa kay Keifer.**"

BAKIT KAILANGAN MONG BANGGITIN ANG ULUPONG NA YON?!

Muntik ko ng ibato yung mga kubyertos kay Rakki. Buti nalang

naalala ko kagad kung anu yung pinag-uusapan namin. *Relax lang! Relax!*

"Kaya nga galit na galit ako sa mga barbaro na yon! Tinuruan nilang maging barumbado si Ci. Galit na galit ang Kuya nya ngayon. Tapos ayaw pang ayusin ang pag-aaral kahit napaka-dali lang non para sa kanya." Dagdag nya pa.

Sa totoo lang, hindi mukang matalino si Ci-N. Kasi nga puro kalokohan. Kaya nga ang lakas ng loob kong makipag-pustahan sa kanya dati. Dun ko napatunayan ang katagang '*Don't judge the book by its cover*'. Ako tong 17 years old tapos tinalo ng 14 na may IQ atang sing-taas ng kay Albert Einstein.

"Pero alam mo kung anung nagbago sa kanya nung makilala ka nya?" Tanung nya at agad na man akong umiling. **"...Mas naging masigla sya. Lalu ring lumabas ang pagiging childish nya pero sa nakakatuwang paraan. Hindi na rin nya dinadamdam kung walang oras ang pamilya nya sa kanya."** Ngumiti sya sakin. **"...Kasi daw andyan ka naman. Ikaw daw ang Ate nya at nagparamdam sa kanya ng salitang pamilya."**

Naramdaman ko nalang ang pagbagsak ng luha ko. Hindi ko napigilan. Parang may kung anung nagpapa-ngiti sa puso ko dahil sa mga sinabi nya. Hindi ko alam na ganun ang epekto ko sa kanya.

Kung alam mo lang Ci-N. May binago ka din sa buhay ko.

Ngumiti ako kay Rakki. **"Tulungan mo ko."**

"S-saan?"

"Alam ko na kung anung ire-regalo ko kay Ci-N."

Agad syang ngumiti na parang kinikilig. Binilisan namin ang pagkain at para kaming timang na excited sa gagawin.

Pagkatapos bayaran ang kinain, dumiretso kami sa gift shop para bilhin ang kailangan. Sa toy store naman ang sunod naming pinuntahan.

"Sa bahay nalang natin gawin." Aya ni Rakki at nag-nod naman

ako.

Nag-aabang na kami ng taxi sa labas ng mall ng may mapansin ako. Sa kabilang daan sa mismong tapat namin. May nakahintong motor at parang naka-tingin samin ang driver.

Naalala ko na naman yung mga naka-motor na sumunod sakin at nakipag-karera. *Kamustahin nyo naman yung bike ko?* Bwisit tong mga to!

"**Kilala mo?**" Tanung ni Rakki kaya napatingin ako sa kanya. "**...titig na titig ka sa kanya eh.**"

Umiling ako at ngumiti. "**Para kasing nakatingin yung driver sakin kaya pinagmasdan ko.**"

Hindi na sya nagtanong pa dahil sa pagdating ng Taxi. Sumakay kami at agad na sinabi ni Rakki ang address. Habang nasa byahe hindi ko mapigilan na hindi mapatingin sa likod.

Weird pero pakiramdam ko susunod sya samin.

Next time, hihiramin ko na talaga ang sosyaling instinct ni David. Sa ngayon magfocus muna ko sa ireregalo ko kay Ci-N. Sana lang magustuhan nya.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 212

A/N: Yung pabalik-balik yung sakit ko. Tapos ganun din yung kasama ko sa bahay. Hindi ko tuloy alam kung hawa-hawa naba dahil dalawa lang naman kami ni Mama ko na nagkaka-sakit.

Share ko lang, bakit ba?! Hehehe...

Ang taba ng utak ng isa sa Admin ng Group at Page. Lablots Cleff!

Ready Sing ~

🎵Leron, leron sinta
Si Yuri umasa
Dala dala'y puso
Alay sa Mutya

Etong si Jay-Jay
Nahulog sa Hari
Kapos kapalaran
Nabitag rin pala

Si Ella'ng koreana
Nagpaka tanga
Puso nya'y tinago
Kay Yuri'ng umasa
Pero di nya kinaya
Kaya naghaap ng iba
Kay Aries topakin
Sya su-ma-ma
~🎵

crdt: Clefford Rimandiman Millos

Motorbike

Jay-jay's POV

Yung napatitig nalang ako bigla sa family picture nila Rakki. Lima silang magkakapatid. Puro lalaki ang mga kapatid nya, sya ang pang-gitna at nag-iisang babae. Pero ang hindi ko maintindihan....

Bakit kasama si Ci-N sa family picture nila?

"**Rakki...**" Tawag ko sa kanya na kasalukuyang nagliligpit ng pinagkalatan namin. "**...Bakit andito si Ci-N?**"

Bahagya syang tumawa bago lumapit sakin at tignan ang Family picture nila.

"**Sabi kasi nya, magiging member din sya ng pamilya namin. Tapos nagpumilit sumama sa picture.**" Paliwanag nya habang natatawa.

Pati ako natawa na rin. Ang tibay kasi ng pananalig nya na magkakatuluyan sila ni Rakki. Napapailing nalang ako dahil sa kakulitan nya.

"**Miryenda muna.**" Sabi ng kung sino.

Sabay kaming napalingon sa isang babaeng may dalang tray na may pagkain. Nakangiti sya samin.

Mama ni Rakki.

"**H-hello po.**" Sabi ko habang kumakaway.

"**Hi... Classmate ka ni Rakki?**"

"**Schoolmate, Ma.**" Pagtatama ni Rakki.

Binaba nya ang tray ng pagkain sa coffee table. Pinagmasdan nya ko habang naka-ngiti. Ang weird nya tignan pero nakakatuwa.

"**Tara, kumain kana.**" Aya nya sakin habang natatawa.

Umupo ulit si Rakki kaya ganun na rin ang ginawa ko. Tinignan nya ang malaking garapon sa tabi ko.

"**Anu yan?**"

Bomba!

Tinignan ko sandali yun bago kunin at ipakita sa kanya. "**Regalo ko po sa kaibigan. Nagpatulong po ako kay Rakki para balutin at**

lagyan ng design."

Binasa nya yung nakalagay sa card. "**Happy… Birthday… Ci-N!**" Napangiti sya ng mabasa ang pangalan ni Ci. "**Magkakilala kayo ni Ci-N?**"

"C-classmate ko po sya."

Bigla nalang syang kinilig na hindi ko maintindihan. Binalik nya sakin yung garapon at parang batang pumalakpak.

"Future son-in-law ko yan! Nagpapakasal sila ni Rak----."

"**MA!**" Putol ni Rakki sa sasabihin ng Mama nya.

"Bakit? Totoo naman… Ang cute kaya ni Ci-N! Kapag nagka-anak kayo sure akong magiging kasing cute din nya----."

"Ma! Wag nyo nga sabihin yan kay Jay-jay!" Naiilang na sabi ni Rakki.

Nice! Mukang good shot na si Ci-N sa Mama ni Rakki!

"Bakit ba?! Kinausap ko na yung Mama ni Ci-N. Sabi ko wag papayag na magka-girlfriend ng iba si Ci, dapat ikaw lang. Kinausap ko na rin ang mga Kuya mo, sabi ko wag tatanggap ng manliligaw para sayo." Sabi nya na nagpangiti sakin.

Nasampal nalang ni Rakki ang sariling noo nya. Ang kulit kasi ng Mama nya pero ang cute tignan. Pro-Ci-N talaga sya at parang hindi papayag na magka-boyfriend si Rakki kung hindi lang naman din sya.

"Ma naman! Ang bata pa kaya ni Ci-N!" Inis na sabi ni Rakki.

"Edi hintayin mo sya! Basta dapat si Ci-N lang." Sabi ng Mama nya.

Nag-e-enjoy akong panoorin sila. Halata kasing close na close sila sa isa't-isa. Bigla ko tuloy naalala si Mama, kung hindi kaya nya ko pinabayaan magiging ganito din kaya kami?

Baka nagmumurahan na kayo sa sobrang close.

"Panu kung may iba na syang gusto? Edi kawawa ako kasi naghihintay ako sa kanya."

Agad na nangunot ang noo ng Mama nya. **"Imposible yun! Ikaw lang ang gusto ni Ci-N."**

Meron syang crush.

Bigla nalang tumingin sakin si Rakki at Mama nya. Parang gulat na gulat na hindi maintindihan.

Mukang nasabi ko ng malakas yung nasa isip ko. Nagpilit ako ng ngiti pero mukang naging ngiwi lang yun.

"Meron syang crush?" Malungkot na tanung ni Rakki.

Napakamot ako sa batok. **"C-crush lang naman... S-simpleng p-paghanga lang."**

Hindi pa rin nawala ang lungkot sa muka ni Rakki. Hala! Hindi ko naman sadyang sabihin yun. Nakakahiya tuloy, tinulungan nya ko tapos nagawa ko pang magsalita ng ganun.

"...P-pero sabi naman nya, s-si Rakki pa rin daw."

Agad na ngumiti ang Mama ni Rakki at sinundot ang tagiliran nya.

"Kita mo na! Ikaw pa rin ang gusto ni Ci-N. Kaya hintayin mo sya ah? Wag kang mag-boyfriend ng kahit sino! Lagot ka sakin."

Nawala na ang lungkot sa muka ni Rakki pero napalitan naman yun ng ngiwi. Sandali pa silang nag-asaran at nagkulitan. Naubos ko na yung miryenda para samin pero hindi pa rin sila tumitigil.

Narinig kong tumunog ang cellphone ko. Tinignan ko yun at nakita kong nagtext si Tita Gema. Tinatanung nya kung anu oras ako uwi.

Ayoko pa sana pero mukang nag-aalala na sila sakin. Nagpaalam na ko sa Mama ni Rakki at sa kanya rin.

"**Salamat po sa miryenda.**" Sabi ko.

"**Welcome. Balik ka dito ah? Sama mo si Ci-N.**" Naka-ngiting sabi nya.

Naks! Botong-boto.

Agad namang ngumuso si Rakki pero napalitan din ng ngiti ng makita nyang nakatingin ako sa kanya.

"**Ingat Jay! Text mo ko ah?**" Sabi nya habang kumakaway.

Kumaway din ako at naglakad na paalis. Iniwan ko muna yung regalo sa kanila. Usapan namin na sabay pupunta sa birthday party ni Ci.

Babasagin kasi yung garapon na pinaglagyan ko ng regalo. Baka malingat ako at mabitawan ko, masira pa yung surprise ko.

Nag-uumpisa ng bumukas ang mga ilaw sa poste. Madilim na din kasi. Binilisan ko ang paglalakad pero napahinto ako dahil sa linawag na tumambad sa harap ko. Feeling ko natuyot ang eye balls ko.

Lakas makabulag nito.

Dahil sa sobrang sa liwanag wala akong makita. Bahagya kong hinarang ang kamay ko sa mata ko para matakpan ng anino. Malakas na ugong ng motor ang napatigil sakin.

Kunot ang noo ko habang nakatingin sa bahagi ng liwanag. Namatay ang ilaw at silhouette ng isang lalaking nakasakay sa motor ang nakita ko. Porma pa lang ng katawan mukang malaking lalaki na.

Napalunok ako ng bumaba sya ng motor at tinanggal ang helmet nya. Dahan-dahan syang lumapit sakin kung saan may liwanag ng ilaw sa poste sa hindi kalayuan. Nakasuot sya ng leather jacket.

Tama nga akong malaking lalaki nga sya at.... At.... At..... *Ang gwapo! Saksakan ng gwapo!*

"**Jay-jay Mariano?**" Tanung nya habang nakatingin sakin.

Hindi ko magawang sumagot. Hindi dahil na-starstrack ako sa kagwapuhan nya. Kundi dahil baka budol-budol pala ang hayop na to at ubusin lahat ng laman ng bulsa ko.

Wala na kong pera... Naubos na kanina pa!

Bahagya syang nag-smirk. "**Ako si Jason. Kapatid ko si Ram.**"

Bahagya akong napa-atras. Kingina! Eto yung isa sa sinasabi nung lalaking nagtangka sakin kahapon. Oras ko naba? Mamatay naba ko? Papatayin naba nila ko? Gagahasain ba muna nila ko bago patayin? Pwede bang patayin nalang? Wala ng gahasa.

"**Wala akong gagawing masama sayo kung yun ang iniisip mo. Gusto lang kitang maka-usap.**" Sabi nya at ngumiti.

Wag kang papadala sa ngiti! Malakas maka-peke yan.

"**I-i don't talk t-to stranger.**" Nauutal na sabi ko.

"**But I'm no longer a stranger. Nagpakilala na ko.**"

Oo nga naman! Sya si Jason, kapatid ni Ram na minsang nangidnap sakin. Sinaktan ko din sya at dinurog ang muka ng hindi ko namamalayan. Sya si Jason, isa sa tatlong tao na gusto na kong mamatay.

SYA SI JASON!----We want her dead nga diba?!

"**Ikaw ba yung nasa Friday the 13th?**" Wala sa sarili kong tanong.

Kumunot ang noo nya at bahagyang umiling. Feeling ko hindi na-gets yung movie na yon. Horror kaya yun, total package. Complete SPG! Super Piritong Galungong! Inosente si ako.

"**Look, wala naman akong gagawing masama sayo. I assure you, labag sa rules namin ang gumawa ng hakbang ng hindi alam ng grupo.**" Paliwanag nya. "**...we just really need to talk.**"

"**About what?**"

"About Keifer."

SHUTANGINAMERS!

"Sorry, the number you have dialled is wrung number. Please do not call again." Sabi ko na nagpakunot lalu sa noo nya. **"...Kasi Jason, ilang grupo na ng mga hudlong at walang utak ang nakaharap ko ng dahil sa pesteng Hari na yan. Wag kana dumagdag, bumalik kana sa lawa at maghintay ng bibiktimahin mo sa Friday the 13th."**

Huminga sya ng malalim at halatang naiinis na. Bakit ba kasi nalitaw tong Jason na to? Wala pang 13 na natapat na friday.

Baka walang mabiktima sa lawa kaya nag-motor nalang.

"I know what happened between you and Keifer." Sabi nya na nagpahinto sakin.

Ang bilis nga namang kumalat ng balita. Ayos talaga yung mga alphabet na yun. Sila siguro ang nagkalat ng balitang pang-ga-gago sakin ng Dimunyung Hari.

"...Kaya kung iniisip mong gagamitin kita laban sa kanya. I won't." Dagdag nya.

Ayoko talagang magtiwala sa sinabi nya. Pero wala akong laban sa kanya incase na bitbitin nya ko ng sapilitan.

"Panu kung hindi ako sumama?"

"Then i will force you." Mabilis nyang sagot.

Wala tayong laban. Meron syang muscle, ako wala.

"Sasam ako sayo... Pero eto tandaan mo! Wag kang magkakamali dahil marunong akong lumaban." Banta ko.

Nag-nod naman sya at lumapit sa motor nya. Sumunod ako at ng makita ko ng maayos ang motor nya, agad na nagsalubong ang kilay ko.

"**Ikaw yung nakipag-karera sakin dati! Pati yung kanina sa mall!**" Inis na sabi ko habang naka-turo sa kanya.

Ngumiti sya ng nakakaloko. "**Now you know.**"

Ay gago...

"**Sira ulo ka! Anung problema mo?! Bakit ka nakipag-karera sakin?! Kawawa naman yung bike ko!**"

Tinawanan lang nya ko at bigla nalang nyang nilahad ang kamay sa harap ko.

"**Before I forgot. Give me your phone.**" Utos nya.

"**Kung ayoko.**"

Napakamot sya ng batok sabay ng pagbuntong hininga. "**Look, i need to make sure na hindi ka tatawag ng back up. Ibigay mo na kasi kapag ako ang kumuha nyan, hindi lang cellphone mo ang hahawakan ko sa mga hita mo.**" Kumindat sya na nagbigay ng kilabot sakin.

Manyak din pala ang hayop.

"**Eto na! Dami sinabi.**" Inis na sabi ko sabay abot ng phone ko.

Pinatay nya yun at nilagay sa loob ng jacket nya. Kinuha nya ang helmet na naka-patong sa upuan ng motor at isinuot sa ulo ko. Sya na rin ang nag-lock bago suotin ang helmet nya.

Sumakay sya sa motor nya. "**Sakay.**"

Ang totoo, ngayon lang ako makaka-sakay sa motor na ganito. Muka akong ewan habang sumasakay humawak ako sa likod nya at pina-andar nya ang motor.

"**Ayaw mong yumakap?**" Mapang-asar na tanung nya.

"**Gago!**" Sigaw ko sa kanya at tinawanan nya ko ng malakas.

Napahigpit ang hawak ko sa braso nya ng bigla nyang bilisan ang

takbo. Mas kinatakot ko pa yung pagtagilid nya na halos dumikit na kami sa kalsada. Kung saan kami papunta? Hindi ko alam. Ngayon ako nagsisi kung bakit ako sumama.

Madilim na ang langit, sure akong nag-aalala na sakin si Tita Gema. Nagtext pa naman ako sa kanya na pauwi na ko. Sana lang talaga hindi kami magtagal ng Gagong to.

Tinignan ko ang paligid. Bahagya pa kong nabigla ng mapansin kong nasa highway na kami. Kinabahan ako, nagkaroon ako ng kutob na may balak nga sakin ang hudlong na to. Hangang sa huminto kami sa tapat ng isang...

Gotohan?!

Bumaba ako at agad na hinubad ang helmet ko. Naka-nganga pa ko habang binabasa ang nakasulat sa tarpaulin.

'*Superb Gotohan!*'

Anak nang.... Gusto kong sabihin na nadismaya ako pero kahit papano nakahinga ako ng maluwag. Akala ko kasi talaga may balak na sakin ang hudas.

Kinuha nya sa kamay ko ang helmet. **"Tara... Ako na o-order."**

Para akong ewan na umupo sa bakanteng pwesto, bandang dulo ng kainan. Tinuro nya kasi sakin ang lugar na to kaya dito na ko naupo. Habang sya umo-order ng pagkain.

Maayos naman ang paligid. Walang masyadong tao. Dahil siguro maaga pa o gabi na. Naupo ang Jason sa katapat kong bangko. Ayokong magtagal dito kaya hindi na ko nagpaligoy-ligoy pa.

"Anu bang pag-uusapan natin?" Tanung ko.

"I told you... About Keifer."

"Oo nga... Anu ngang tungkol sa kanya?"

Huminga sya ng malalim, pinatong nya ang mga braso sa lamesa at bahagyang lumapit sakin.

"**We want revenge and I know that you also want it.**" Sabi nya.

Bahagya akong napangiti sabay ng pag-iling. "**No.**"

Malapit-lapit ng magsalubong ang kilay nya. "**What do you mean?**"

"**No, i don't want revenge.**" Paglilinaw ko. "**...kung yan ang gusto ko. Noon ko pa ginawa, pero hindi.**"

"**But why?!**"

"**Simple. Revenge is for weak. At hindi ako kasing hina ni Keifer para gawin ang kaparehong ginawa nya.**"

Ngumiti sya at pinagmasdan ang buo kong muka. Para bang pinag-aaralan nya ko sa pagtitig sa muka ko. Nag-uumpisa na kong mailang buti nalang at dumating na ang order nya para samin.

Kumain muna kami at sa hindi ko maintindihan na dahilan, nawala ang pagka-ilang na nararamdaman ko sa kanya. Maayos din naman pala kasama ang isang to. Matapos kumain nagpahinga muna kami bago muling mag-usap.

"**Panu mo ba nakilala si Keifer? Dahil ba kay Ram?**" Tanung ko sa kanya.

Kung tutuusin ako dapat ang awayin nya dahil sa nangyari kay Ram. Ako kaya ang nanakit sa kanya tapos si Keifer pa rin ang sinisingil nila.

"**Nope. Hindi naman kami close ni Ram.**" Sabi nya at pinunasan ng tissue ang gilid ng labi. "**...Pamilyar kaba sa mga Gang dito sa lugar?**"

Umiling ako. Malay ko naman sa mga Gang na yan.

"**...Let me explain this to you first.**" Kinuha nya ang kumpol ng kalamansi sa mangkok malapit samin. "**...Parang network ang Gang dito sa lugar namin...**" Hinilera nya ang kalamansi na parang pyramid. "**...mula sa maliit, na nasasakop ng mas malaki at nas malaki pa na may mas malaki pa at pinamumunuan ng isa.... Si Ram.**" Binaba nya ang malaking kalamansi sa tuktok.

"**Alam ko na yan.**" Sabi ko. "**...sya ang parang pinuno ng lahat.**"

Ngumiti sya at kumuha na naman ng panibagong kalamansi. Hinilera nya ulit yun katabi ng naunang pyramid na ginawa nya.

"**And then... Eto ang kalabang Gang. Kalabanin mo ang isa at kalaban mo ang lahat.**" Sabi nya. "**...Ang namumuno dyan----.**"

"**Ikaw.**" Putol ko sa sasabihin nya.

Tumawa sya kasabay ng pag-iling. "**Hindi. Si Ryosuke Sato ang leader nila. Half Japanese at Half Pilipino.**"

Half Gago at Half Tarantado?!

Sato?! Teka! Yun yung kalaban ni Yuri na gusto rin akong patayin. Shutanginamers! Okay, malinaw na sakin ang part na yon.

Tinignan ko si Jason. "**Eh ikaw? Saan ka?**"

Ngumiti sya at kumuha ng kalamansi na kulay dilaw. Dalawang ganun ang kinuha nya at nilagay sa pagitan ng mga pyramid na kalamansi.

"**Kagaya ni Keifer... In between ang madalas na tawag samin. Wala kaming sinasalihan, hindi rin kami nagsisimula ng grupo kagaya ng iba at wala rin kaming paki sa rules ng dalawang Gang.**"

Hindi ako nagsalita at hinintay lang na ipagpatuloy nya ang pagsasalita.

"**...Kayalang etong si Keifer.**" Kinuha nya ang isang kalamansi na kulay dilaw. "**...masyadong matunog ang pangalan. Lahat kinalaban at pinabagsak sa paanan nya...**" Ngumiti sya na tila naiinis. "**...akala ng lahat papalitan na nya si Ram pero pinagtawanan lang nya ang posisyon na hinahangad ng lahat.**"

At hinahangad mo din.

Hindi ako tanga para hindi mapansin na gusto rin nya ang posisyon ni Ram. Madali lang makukuha ni Keifer ang pagiging leader pero

tinanggihan nya.

Pero bakit sumali pa sila sa Gang war kung ayaw naman pala nyang sumali sa kahit na anong grupo? Ang gulo talaga ng pesteng Hari na yon.

"**Si Riyo----Riyokwunan----yung suki sa tindahan!**" *Kainis naman kasi, hirap banggitin ng pangalan.* "**...Bakit pati sya ako din ang puntirya? Eh si Yuri ang kalaban nya diba?**"

Taka nya kong tinignan. "**Hindi ba nanliligaw sayo si Yuri?**"

Engaged na kami Bro!

"**H-hindi.**"

Nagkibit balikat sya. "**Akala ata ni *Ryosuke* nanliligaw sya sayo.**" Diniinan talaga nya yung Ryosuke.

Napakunot ang noo. "**Ay hindi! Linawin mo yan sa Riyo----Sato na nga lang! Linawin mo sa kanya para tigilan na nya ko!**"

"**I'll try.**"

Pinaningkitan ko sya ng mata. "**Ikaw! Bakit gusto mo kong ma-Tegi-boom?!**"

"**Tegi---what?!**"

"**Tegi-boom. Mamatay.**"

Tumawa sya at bahagyang umiling. Tumingin sya sakin at unti-unting naging seryoso ang muka nya. "**Kapag pinatay kita, madi-distract si Keifer. Kapag nangyari yon, mapapa-bagsak ko na sya.**"

T-teka lang... Wag ka manakot!

Ngumiti sya bigla. "**...Pero syempre hindi ko gagawin yun. Wala nga syang feelings sayo diba? Hindi rin sya ma-a-apektuhan.**"

Ay pota! Pamuka mo pa Koya...

Gusto ko pa sanang itanung yung trip ni Ram pero mukang hindi na kailangan. Unti-unting binabalik ni Jason ang mga kalamansi sa pinagkuhanan nya.

"**Alam mo ba... Kanina ko pa iniisip kung bakit hindi nagka-gusto sayo si Keifer.**" Sabi nya na nagpatigil sakin.

Kung alam mo lang, yan din ang iniisip ko.

"**Hindi ka sobrang ganda, yet somehow you have *something* special that capture our interest.**"

Napakunot ang noo ko. Anung bang gusto nyang sabihin? Wag nyang sabihin na crush nya ko at pepektusan ko sya ng matindi-tindi.

"**...Or maybe I'm wrong. Baka naman nahulog na si Keifer sayo at ayaw ka lang nyang idamay sa gulo...**"

Sira na ata ang ulo nito. Masama pala sa kanya ang goto.

"**...well never know. Unless...**"

Nakaramdam ako ng takot ng biglang mag-iba ang tingin nya sakin. Bago pa man ako maka-pagsalita, bigla nalang nya kong sinakal. Nabundol nya ang lamesa namin at nagkalaglag ang ilang gamit.

Packing shit! Sinasabi ko na!

"**Hoy! Anung ginagawa mo?!**" Sigaw nung babaeng tindera pero hindi sya pinansin ni Jason.

Pati ibang kumakain tumingin din samin at na-alarma.

"**Sa labas...**" Sabi nya. "**...nasa labas sya.**"

Gustuhin ko mang tanungin ang sinasabi nya hindi ko magawa. Hindi ako makahinga at parang naipit ang boses ko sa paglabas. Sinubukan kong suntukin ang braso nya pero walang talab yun. Nanghihina na kasi ako.

"**Panu kaya nya tayo nasundan?**" Kinuha nya ang cellphone ko sa

jacket nya gamit ang isang kamay. "**...hindi naman dahil dito. Panu kaya?**"

Meron syang motto na pang-bangko, Gago!

Binato nya ang cellphone ko sa lamesa. Sinubukan kong abutin yun ng isang kamay pero hindi ko magawa. Kailangan kong humingi ng tulong.

"**Nahihirapan ka na ba?**" Inosenteng tanung nya.

Malamang... Lakas maka-gago ng tanong mo!

Ngumiti sya at bigla nalang akong binitawan. Bumagsak ako sa sahig kasabay ng silyang kinauupuan ko kanina. Sinubukan kong gumapang palayo.

Malakas na tinabig ni Jason ang lamesang nasa pagitan namin. Pinanood nya kong gumapang habang tumatawa.

"**Ang tagal naman nyang pumasok dito. Naiinip na ko.**" Sabi pa nya at lumapit sakin. "**...Mukang wala nga syang paki-alam sayo.**"

Wala talaga, kaya tigilan mo na ko!

Tinulungan nya kong tumayo at kahit nahihirapan pinilit ko ang sarili ko. Habol ang hininga ko habang naka-tingin sa kanya.

"**Akala ko kasi ililigtas ka nya kahit nasa malapit lang sya.**"

Nakakainis!

Gago nga talaga ang lalaking to. Baliw din kagaya ng kapatid nyang hindi daw nya close. Hinugot ko na lahat ng natitira kong lakas. Sinipa ko sya dahilan para tumilapon sya palayo sakin.

Muntik na kong tumumba. Malalim pa rin ang paghinga ko habang pinag-mamasdan syang tumayo. Bago pa man sya makapag-salita, pinilit kong lumakad paalis.

Pero sadyang malas ata talaga ako. Sigurado ako at hindi ako

pwedeng magkamali. Mga kasama nya to, sila rin ang nakita ko sa tindahan na binilhan namin ni Percy.

"**Hahahahahahaha...**" Malakas na tawa ni Jason habang pinapag-pag ang damit. "**...Tama nga sila. Lumalaban ka nga.**"

Hintayin mong makabawi ako ng lakas.

Napaatras ako ng tumingin sya sakin at humakbang palapit. Nakangiti sya at parang manghang-mangha sa ginawa ko sa kanya.

"**Pero ang gusto kong makita, yung gagawin ni Keifer kapag baldado ka na.**" Sabi nya at sinipa ang silya sa harapan nya papunta sakin.

"**Aaagghhhh!!**" Sigaw ko kasabay ng pag-yuko.

Dinig ko ang pagtama non sa pader malapit sakin. Tinignan ko sya ng masama. Nakatawa pa sya habang tinitignan ako. Muli na naman syang dumampot ng silya at binato papunta sakin.

Agad akong tumalon papunta sa ibang direksyon. Daig ko pa action star sa ginagawa ko. Tinignan ko yung daanan palabas, nakaharang ang mga kapwa hudlong ng Gagong to.

"**Bakit mo ko tinataguan? Ayaw mo ba kong harapin?**" Mapang-asar na tanung nya.

Halos pagapang akong lumakad palayo sa kanya. Napatingin ako sa kamay ko ng may masagi ako.

Yung cellphone ko!

Kinuha ko yun pilit binuksan pero napahinto ako dahil sa pares ng sapatos sa harap ko. Agad akong tumayo at tumakbo palayo pero hinarangan na ko ng mga kasamahan nya.

Para silang mga manyak na nagsisitawa. Dun ko lang napansin na wala na yung mga kumakain kanina at yung tindera. Kaya pala parang walang tumatawag ng pulis o umaawat samin.

Paikot-ikot ako para masiguro na walang makaka-lapit sakin.

Nakita ko pa si Jason na naka-sandal sa isang pader habang naka-cross-arm.

"**Dito natin malalaman kung may paki-alam nga sayo si Keifer.**" Sabi nya.

"**Wala syang paki-alam sakin! Kaya tigilan nyo na ko!**" Sigaw ko.

Bigla nalang akong hinawakan ng isa. Nabigla ako kaya nasuntok ko sya at agad na bumagsak sa sahig.

"**Pre! May dugo...**" Sabi nung isa.

Sa totoo lang nanlalambot pa rin ako. Hindi ko alam kung kakayanin ko ngang makipag-laban sa kanila. Sa itsura ni Jason parang hindi ko sya kaya.

Kung nasa labas nga si Keifer. Sana lang maisipan nyang magkaroon ng paki sakin kahit sandali.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 213

A/N: Sabi ko sa first part, hindi na ko nagpapasok ng mga bagong character. Yung mga nababanggit dito except kay Honey Bee Ryder ay mga reader na nag-request mabanggit ang name nila. Dahil naging mabait naman ako----este sila, pinagbigyan ko. Kaya wag nyo po sila gawan ng account.

Pero hindi na po ako tatanggap pa ng panibagong request. Last na yung huli kong kausap na sinabihan ko ng '*paantay lang po*'.

Ganun din po yung sa Dedication. Magpost nalang po ako sa group kung tatanggap pa ko. Salamat!

King

Jay-jay's POV

Nanginginig ang kamao ko. Lima na ang napapabagsak ko at namamalipit sa sakit pero hindi pa rin tumitigil yung iba. Merong babangon at susubukan akong gantihan.

"**Sumuko ka na.**" Pang-aasar ni Jason.

"**Gago you!**"

Buti sana kung sa pagsuko ko may darating para iligtas ako kaso wala. Mukang wala talaga syang paki sakin. Hinawakan ko ang gilid ng pisngi kong nag-iinit. Nadaplisan kasi ako ng suntok kanina.

Kainis! Pakiramdam ko ang hina ko.

Muli kong pinorma ang mga braso ko pang-salag sa kung anu mang tatama sakin. Kamao man yan o paa ng kung sino. Hindi nagtagal, panibagong suntok ang binato ng isa sa kanila sakin.

Tinamaan ang braso ko at muntik na kong matumba pero nakatindig ako. Binawian ko sya ng ipa sa sikmura at halos sumuka sya bago bumagsak.

"**Jason! Ang tibay nitong babae na to!**" Reklamo na isa.

"**Nakakainip. Biglain nyo na!**" Utos nya.

Bigla nalang sioang sumugod sakin. Sabay-sabay sila. Sunod-sunod ang natanggap kong suntok sa katawan. Pinilit kong protektahan ang ulo ko.

Bakit ba ko nahihirapan ng ganito?

Pinilit kong bumawi ng suntok at sipa sa kanila pero ginagamit lang nila ang pagkakataon para puruhan ako. Ilang beses nila kong sinuntok sa sikmura at braso.

Bakit ba hinahayaan ko silang ganituhin ako? Na-a-apektuhan ba ko ng sinabi ni Jason? Na-a-apektuhan ba ko ng katotohanang wala naman talaga syang paki-alam sakin? Na isa lang akong laruan para sa Hari ng mga Dimunyung Ulupong?

Nawala ako sa konsentrasyon. Sinipa ng isa sa kanila ang binti ko at naging dahilan yun para bumagsak ako sa sahig. Pinagsisipa nila ko na parang basahan.

"**Hindi naman pala tatagal.**" Parinig ni Jason.

Bigla nalang silang huminto sa pagsipa sakin at unti-unting nagsilayo. Basa ang mga mata ko ng luha na hindi naman bumagsak.

Lagot! Magiging muta sila...

"**Dumating din.**" Sabi ng isa sa kanila.

Inangat ko ang paningin ko at nagtagpo ang mga mata namin. Wala akong mabakas na emosyon sa kanya. Nakatayo sya sa entrance at wala akong makitang tao sa likod nya.

Sya lang mag-isa?

"**Ang tagal mo naman... Wag mong sabihin na na-traffic ka, eh kanina ka pa dyan sa labas.**" Mapang-asar na sabi ni Jason.

Pinilit kong bumangon at gumapang palapit sa pader. Sumandal ako don habang nakasalpak sa sahig. Masakit ang buong katawan ko. Pati dibdib ko tinamaan din ata nila.

Medyo nabigla pa ko ng makita kong nakatingin sakin ang Hari. Para bang inaalam nya kung ganu kalala ang dinanas ko.

Wala nang lalala sa dinanas ko sayong hayop ka!

"**Naku... Napasobra ata kami.**" Sabi ulit ni Jason habang kuwaring nag-aalala. "**...Ang tagal mo kasi. Sya ang napag-tripan namin.**"

Isa-isang tinignan ni Keifer ang mga kasama ni Jason.

"**What happen to you?**" Bored na tanung nya sakin. "**They're few, but you can't beat them?**"

Wow ah?

Ang dating sakin, expected na talaga nyang lalaban ako. Akala nya siguro mapapabagsak ko sila kaya hindi sya agad pumasok dito kahit nasa labas lang sya kanina. Edi meow!

Inirapan ko nalang sya bilang sagot. Ayokong mag-dahilan sa kanya. Pero kung tutuusin sya ang dahilan kung bakit ako natalo.

"**Hindi kami kaya ng girlfriend mo.**" Sabi ng isa sa kanila.

"**Hindi ko sya boyfriend.**"

"**She's not my girlfriend.**"

Sabay naming sabi at nagpalitan agad kami ng masamang tingin. Bwisit ka! Gustong gusto ko ng dukutin ang eyeballs nya.

Gagawin kong pingpong ball.

"**Ouch... Mukang totoo ang balita. Si Keifer, gumamit ng babae para maka-ganti sa kaaway nya.**" Pang-aasar ni Jason.

Kung hindi lang ako napabagsak kanina, sya ang papabagsakin ko sa suntok. Habol ang hininga ko kahit nakasandal na ko at walang

ginagawa. Kumikirot ang dibdib ko sa bawat paghinga ko.

"**Shut the fvck up, Jason.**" Madiing sabi ng Dimunyung Hari.

Tumawa lang naman ng malakas yung baliw na Jason. Umalis sya sa pagkakasandal sa pader at hinubad ang jacket. Feeling bad boy ang putik.

Parang yung Hari ng mga Dimunyung Ulupong.

"**What do you want?**" Tanung ng Hari.

Nawala ang mga ngiti ni Jason at unti-unti'ng nagsalubong ang kilay nya. "**I want you dead Keifer.**"

Bigla nalang nyang binato ang isang silya papunta kay Keifer at mabilis na lumapit para suntukin. Nawalan nga lang ng saysay yun dahil naiwasan ng Hari yung binato nya at sinalag ng isang kamay ang suntok nya.

Dun ko lang napagtanto na mas malaki si Jason kesa kay Keifer pero parang ang dali lang sa kanya labanan tong Friday the 13th na to.

Ay talo si Keifer, may sa impakto kaya tong si Jason.

Binawian ni Keifer ng sipa si Jason at agad syang tumilapon palayo. Lalapit na sana yung mga kasama nya sa kanya pero sumenyas sya sa kamay nya ng '*wag*'. Tumayo ulit ang Jason at halatang nag-iinit sa galit ang mga muka nya.

Sumugod na naman sya at nakipag-palitan ng suntok kay Keifer. Ganun din ang ginawa ng Hari. Habang nanonood sa kanila, pinilit kong makatayo ng maayos. Maayos na ang paghinga ko pero andon pa rin yung sakit ng katawan.

Dinampot ni Keifer ang pinaka-malapit na silya at hinampas yun kay Jason. Parang laruan na nakalas ang mga yun at tumilapon sa kung saan. Napatingin ako sa mga kasamahan ni Jason ng meron silang kunin sa loob ng tindahan----mukang kusina ata.

Kutsilyo!!

"**Keifer! May kutsilyo sila!**" Sigaw ko.

Umatras ang Jason at sumugod ang isa sa kasama nya hawak ang kutsilyo. Isa-saksak na sana sa kanya pero nadaplisan lang sya. Sinuntok nya agad sa panga dahilan para mawalan ng malay.

Pero kasunod non ang pagsipa ni Jason sa kanya. Tumilapon sya na parang manikang binato. Ang bilis ng mga nangyari. Halatang nahihirapan syang tumayo sa ginawa sa kanya.

Napatingin ako sa mga kasama ni Jason. Para silang nag-uusap at yung iba sa kanila palapit sa akin.

Tang'na naman! Hindi pa nakakabawi katawan ko mga Pre!

Akmang hahawakan na nila ko ng isa sa kanila pero inunahan ko sya sa pagsuntok sa muka nya. Bumagsak sya kasabay ng paglabas ng dugo sa ilong nya.

"**Talagang matigas ka no!**" Galit na sabi nung isa at sinipa ako sa tagiliran.

Bago pa tumama sakin yun, hinawakan ko ang binti nya at tinuhod ang alak-alakan (likod ng tuhod) nya. Namalipit sya sa sakit.

Tatlo nalang silang kaharap ko ngayon. Masama ang tingin nila sakin at parang binabasa ang susunod kong magiging kilos. Unti-unti silang lumapit sakin at halos idikit ko na ang sarili ko sa pader sa paglayo sa kanila.

Spectrum Petro----huh?! Wala nga pala akong magic wand.

Bigla nalang sumugod ng suntok yung isa. Napayuko ako sa pag-iwas. Susuntukan ko na sana sya mula sa ilalim pero tumama ang suntok ko sa kwanan nya. Yung anes.... Yung anuhan... Basta!

Iihhh! Kadiri! Nadikit yung kamao ko sa baba nya! Kaderder!

Sa sobrang padidiri ko, sinuntok ko yun kamao ko sa katapat kong lalaki. Tinamaan ko sya sa panga---knock out.

Isa nalang ang kaharap ko. Masama ang tingin nya sakin. Umasta

sya na parang susugod kaya napa-astras ako pero pumorma lang pala.

Bwisit to!

Umasta din ako na parang susugod pero bigla syang umatras na parang natakot. Napasandal sya sa lamesa at tumaob kasama non.

Duwag naman pala! Hayop! Gagalitin ako nitong lalaki na to. Tinignan ko sila Keifer. Bagsak na yung natitirang kasama ni Jason kanina. Silang dalawa nalang ngayon ang magkaharap.

Pero kung mamalasin nga naman ako. May bigla nalang umakbay sakin kasabay ng pagtutok ng kutsilyo sa leeg ko.

"**Keifer...**" Tawag nung lalaki sa likod ko.

Tumingin samin si Keifer at Jason. Ngumiti ang Gagong Jason at nagbuntong hininga.

"**Tignan natin kung may paki-alam nga sayo si Keifer.**" Sabi nya sakin.

Panu kung wala? Tegi-boom ako?

Tinignan ko si Keifer. Kulang nalang magmaka-awa ako sa kanya para iligtas ako. Pero nadikdik ang puso ko----durog na kasi----ng ibalik nya ang tingin sa kaaway.

"**Kaya mo ba?**" Tanung ni Keifer.

Walang nakaka-alam samin kung sinong tinatanung nya. Napakunot ang noo ko ng nag-smirk sya.

"**Kaya mo ba?**" Pag-uulit nya.

Tinignan ko yung may hawak sakin pero kahit sya naguguluhan din. Panay din ang tingin samin ni Jason.

"**Kaya mo ba?**"

Sirang plaka ata ang Gago. Paulit-ulit! Unlimited!

Hangang sa napagtanto ko na ako ang tinatanong nya. Panu? Hindi ko alam, kinutuban lang ako lalu na ng mapatingin ako sa kamay kong naka-hawak sa braso nitong lalaki sa likod.

Binalik ko ang tingin kay Keifer. Mukang nakuha nya na alam ko na ang ibig nyang sabihin. Ngumiti sya at bahagyang ginilid ang katawan.

"**One!**" Sigaw nya.

Halatang naguguluhan si Jason panay ang tingin saming dalawa.

"**Two!**" Sigaw ko.

Humigpit ang hawak sakin nitong nasa likod ko pero inihanda ko na ang kamay ko.

"**THREE!**" Sigaw naming dalawa.

Hinawakan ng isang kamay ko ang kamay nyang may kutsilyo at siniko ko naman sya gamit ang kabila. Nabitawan nya ko at kinuha ko ang pagkakataon para sikuhin ang muka nya.

Samantalang tumalon naman si Keifer sa ere kasabay ng pag-ikot at sinipa sa muka si Jason. Sabay na bumagsak ang lalaking may hawak sakin at si Jason.

A moment of silent para ka-astigan.

Habol pareho ang hininga namin. Tinignan ko ang paligid kung may tatayo pa at susugurin kami. Ganun din ang ginawa ni Keifer. Nagtama ang tingin namin at sa hindi ko maintindihan na dahilan....

Tumawa kami. Tumawa kami na parang nakakatuwa yung nangyari. Tumawa kami na parang magka-sundong magkasundo kami.

Wala na... Nabaliw na kaming dalawa.

Pero nawala ang pagtawa namin ng sumampal samin ang katotohan. Katotohanan na merong gustong pumatay sakin at sa

kanya. Nakakapanglambot ng tuhod.

Humakbang si Keifer palapit sakin at ganun din ako sa kanya. Parang may sariling isip ang mga braso kong kusang yumakap sa kanya. Niyakap din nya ko at hinigpitan yun.

Teka nga! Bakit may yakapan?!

Bumitaw ako at sinubukan syang itulak pero hindi naman sya natinag. Walang yakapan! Walang ganyan! Galit galit dapat!

"**H-hoy... B-bakit mo k-ko niyayakap?**" Ilang na tanung ko.

Humigpit pa lalo ang yakap nya sakin. "**Ikaw ang may gusto nito... Pinagbibigyan lang kita.**"

Whut?!

Ako may gusto? Tapos humihigpit ang yakap nya sakin. Aba kakaiba!

"**P-pwede ka ng bumitaw.**" Sabi ko.

"**Sigurado ka? Parang gusto mo pa.**"

Ako ba talaga ang may gusto?

"**Sigurado ako... B-bitaw na.**" Sagot ko habang sinusubukan syang tinutulak.

"**Ramdam ko... Gusto mo pa.**"

Ay ulowl men!

Ipinasa mo pa talaga sakin! Halata namang gusto'ng-gusto nya. Wala akong masabi sa pagiging Ulupong nitong Kumag na to.

Naramdaman ko nalang ang pagsiksik nya ng ulo ko sa dibdib nya. Dinig na dinig ko ang lakas ng tibok ng puso nya. Nag-susumigaw!

Kumag ako! Kumag ako! Kumag ako!----yun ang sabi!

Galit-galit dapat kami. Kasi nga sinaktan nya ko. Hindi naman nya

ko mahal. Pero bakit ganito? Bakit parang gusto ko huminto ang oras? Bakit parang gusto ko ganito nalang kami?

Ang sarap pakinggan ng tibok ng puso nya. Parang sumasabay sa tibok ng puso ko. Baka nga tama sya, gusto ko nga ng yakap nya.

"I know... You really want it." Bulong nya sakin.

Kahit hindi ko nakikita ang muka nya, ramdam ko. Nakangiti sya habang sinasabi yun sakin. Sa totoo lang naguguluhan ako, eto na naman kasi sya. Ipaparamdam na parang meron pero wala naman talaga.

Kaya kahit gusto ko pang magtagal sa bisig nya, ginawa ko ang sa tingin ko ay tama.

"Bumitaw kana. Nakiki-usap ako." Seryosong sabi ko.

Mukang nakuha naman nya na hindi na ko nagbibiro sa mga oras na to. Unti-unti syang bumitaw at kinuha ko ang pagkakataon para itulak sya.

Nangingilid ang luha ko dahil sa sakit na nararamdaman ko. Hindi sa katawan kundi sa loob mismo. Ayoko talagang umiiyak, pakiramdam ko ang hina-hina ko. Kaya kahit anung laban, suntikan o sabunutan hindi ako umiiyak.

Pero ang lalaking to. Presensya pa lang nya, nagmamaka-awa ang mga luha kong lumabas at parang takot silang maging muta.

Hindi sya nagsasalita pero alam kong gusto'ng gusto na nyang magtanung. *Ako din...* Gusto'ng gusto ko na ding magtanung. Kasi pagod na pagod na yung utak ko kakaisip kung meron ba talaga.

"Anu ba tong ginagawa mo?" Mahinahon kong tanong.

Bahagyang kumunot ang noo nya. Alam kong naguluhan sya sa sinabi ko.

"...Anu tong ginagawa mo? Bakit lumalapit ka naman sakin? Bakit nagpapakita ka na naman ng motibo? Bakit ipaparamdam mo na namang meron? Bakit? Bakit mo

ginagawa to?" Sunod-sunod na tanung ko.

Uniwas sya ng tingin at kuwaring tumingin sa paligid.

"**It's late... Ihahatid na kita.**" Sabi nya at akmang hahawakan ang kamay ko pero iniiwas ko agad.

"**Umalis kana kung gusto mo. Pero hindi ako sasama sayo.**"

"**Jay... Wag mo munang pairalin ang katigasan ng ulo mo.**"

"**Sagutin mo muna ang tanung ko!**" Sigaw ko sa kanya. "**...Bakit mo ko pinahihirapan ng ganito?! Hindi ka pa ba kuntento sa mga ginawa mo sakin?! Eto ka na naman, ipaparamdam na meron nga'ng *tayo* kahit wala naman talaga!**"

Huminga sya ng malalim at para akong tanga na naghihintay ng sasabihin nya. Pero hangang pagtitig lang ang ginawa nya sakin.

"**Sagutin mo ko Keifer, meron ka ba talagang nararamdaman sakin?**" Bumagsak ang luha ko mula sa isang mata.

Nakakainis! Para akong nagmamaka-awa sa kanya....

Nakagat ko ang ibabang labi ko ng tumingin sya paibaba. Anu mang oras iiyak na ko dito na parang bata.

"**Narinig k-ko kayo... Kayo n-ni Yuri.**" Nanginginig ang boses ko. "**...yung pinag-usapan nyo...**" Huminga ako ng malalim. "**...gusto kong isipin na totoo yung sinabi ni Yuri, na nagsisinungaling ka nga. Na meron ka nga talagang feelings para sakin. Pero gusto kong marinig sayo.**"

Masakit sakin ang ginawa nyang paniwalain ako, gamitin ako at pagmukaing tanga. Pero wala na atang mas sasakit pa sa pagtalikod nya sakin.

"**Ihahatid na kita.**" Malamig na sabi nya sakin.

Naglakad sya palabas at naiwan akong nakatingin lang sa kanya. Napaupo ako kasabay ng pagtakip sa bibig ko ng kamay ko. Sunod-sunod an ang pagbagsak ng mga luha ko at panay ang hikbi ko.

Sobrang sakit na nitong ginagawa mo sakin...

Hindi ko kakayanin ang matagal pa dito kasama sya. Ayoko ding magpahatid sa kanya. Kahit nanlalabo ang paningin ko sa luha, hinanap ko ang cellphone ko. Sa sahig malapit sa binagsakan ko kanina nakita yun.

Nanginginig ang kamay kong buksan yun at hanapin ang number ni Percy. Pero wala na kong makita kaya napindot ko nalang ang kung sinong pangalan.

Ilang beses nag-ring yun bago sagutin.

["*Oh?*"] Sagot sakin ng kung sino.

Sa halip na magsalita, napaiyak nalang ako ng malakas. Walang salitang lumalabas sa bibig ko.

["*Nasan ka? Susunduin kita.*"] Mahinahong sabi nya.

Sa impyerno kasama ng Hari ng Dimunyu.

Ilang beses akong huminga ng malalim para pakalmahin ang sarili ko.

"**S-sa highway... Y-yung sa '*S-superb Gotohan*'.**" Sabi ko habang naghahabol ng hangin.

["*I'm on my way.*"] Sagot nya at pinatay ang tawag.

Para akong bata na yumakap sa tuhod ko. Hindi ko alam kung panu papakalmahin ang sarili ko. Ang sakit-sakit kasi, dinaig pa yung sakit ng katawan ko.

May ilang minuto muna kong nanatili don bago maisipang tumayo at maglakad palabas. Yung mga motor ng kasamahan ni Jason ang bumungad sakin.

Napatingin ako sa kotse ni Keifer. Bukas ang ilaw sa loob at nakadukdok sya sa manibela. Hindi ko alam kung natutulog sya o ano.

Tangina mong Impakto ka! Move on ang sagot ko sayong animal ka! Gagawa ako ng paraan para mawala yung nararamdaman ko sayo! Kung kailangan kong makipag-bunung-braso kay hulk, lumunok ng sampung kryptonite at sumigaw ng Darna, makipag-titigan kay cyclopes para tunawin ang Statue of Liberty, gagawin ko! Mawala lang tong punyetang nararamdaman ko sayong Kumag ka!

Isang malakas na busina ang gumising sakin mula sa malalim na pag-iisip. Tinignan ko yung palapit na kotse ni.....*Aries?!*

Owshit!!

Binalik ko ang tingin kay Keifer. Wala syang emosyon habang binubuksan ang pinto ng kotse at nakatingin sakin.

Kaagad akong lumapit sa kotse ni Aries at sumakay. Hinayaan kong tunawin ako ng titig ni Aries. Sandali ko pang tinignan ang Hari bago kami tuluyang umalis.

"**What happened?**" Mahinahon nyang tanung.

Kinagat ko ang ibabang labi ko. Alam kong iiyak na naman ako kapag nagsimula akong magsalita. Umiling lang ako bilang sagot sa kanya at tumingin sa bintana.

"**Sinabi ko ng layuan mo si Keifer. Matigas talaga ulo mo.**" Sermon nya.

Sana nga talaga nakinig nalang ako sa inyo.

"**Wala namang gagawing matino yan... Idadamay ka pa sa gulo nyan sa pamilya nya.**" Patuloy nya.

Bigla kong naalala si Kuya Angelo. Ganyan-ganyan din kasi sya manermon. Hindi ako makapaniwalang napagsalitaan ko sya ng ganun.

Nakarating kami sa bahay na parang may pasan akong delubyo sa likod. Pagpasok ko sa bahay si Tita Gema ang sumalubong sakin.

"**Jay! Saan kaba nagpunta?! Nag-alala ako.**" Niyakap nya muna ko bago tignan ang kabuuan mo. "**...Bakit ganyan ang itsura**

mo?!"

"**N-napa-away lang p-po.**" Sabi ko at nagpilit ng ngiti.

"**Anu?! Hala ka...**" Tinignan nya si Aries. "**...Ni-report nyo naba sa police to?**"

Umiling si Aries. "**Kasama nya si Keifer.**"

Tinawag ni Tita Gema ang isang maid nila. Nanghingi sya ng kung anu-anu na hindi ko na naintindihan. Pagkatapos ay hinarap ulit nya ko.

"**Tara na sa kwarto mo... Para magamot natin mga sugat mo.**" Aya nya habang naka-akbay sakin.

Nakayuko akong nagpati-anod sa kanya. Parang nawalan na naman ako ng buhay. Nagsisimula na naman akong magkaganito.

Pakiramdam ko unti-unti na kong namamatay.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 214

A/N: Eto po si Keifer... Nagkakalat sa fb group tsaka sa page ng Mutya ng Section E. Hahahaha 😂😂😂😂😂

Heypi Birthday

Jay-jay's POV

Happy Tangina Day!

Akalain mo yung araw ng mga puso ngayon. Kinapa ko ang dibdib ko, baka kasi wala pala akong puso hindi ko alam.

Napatingin ako sa cellphone ko ng tumunog yun. Si Rakki ang expected ko nung una kaya medyo nagmadali pa ko, pero yung GagongBaliw lang pala.

From: *GagongBaliw*
Message: *Happy Heart Day! Pusuan mo nga ako!* 🖤

Napangiwi ako. Ang tigas din ng muka ng hayop na to. Konting-konti pa magpapalit na ko ng cellphone number. Nag-type ako ng reply sa kanya. Pinag-isipan ko pa talaga ang isasagot sa kanya.

To: *GagongBaliw*
Message: *Pakyu!*

Natawa nalang ako dahil mukang hindi na sya magrereply. Sinuot ko na ang sapatos ko at tinali ang sintas. Tumayo ako at humarap sa salamin. Pinagmasdan ko ang bagong gupit kong buhok.

Nawala na ang mahabang buhok ko na abot hangang bewang. Pinili kong ipaputol yun hangang balikat. Hindi kasi ako sanay sa sobrang ikling buhok.

Tinignan ko din ang iilang galos at pasa sa muka ko. Halata pa rin yun kahit tinatadtad ko na ng gamot. Sabagay kelan lang naman yung naging gulo namin sa grupo ni Jason. Para isa o dalawang araw pa lang ata ang nakakalipas.

Ngayon ang birthday ni Ci-N, swerte nya dahil wala kaming pasok mula kahapon hangang ngayon. May kung anung special visit sa school ngayon at hindi talaga pinapasok ang mga Section E para daw mawala yung mga latak kahit sandali.

Ang bait talaga ng school namin samin.

Muling tumunog ang cellphone ko. Kinuha ko yun at nagtext na ang hinihintay kong tao.

From: *Rakki*
Message: *Ready? Saan tyo mgkita?*

Nasa kanya yung ire-regalo ko para kay Ci-N. Ang totoo pinag-iisipan ko pa rin kung papatawarin ko na sya o hindi pa. Malinaw

naman sakin na napilitan lang si Ci na sundin ang gusto ng Dimunyung Hari.

Pero syempre masakit pa rin...

Nagtype ako ng message para isagot kay Rakki. Sa ground floor nalang ng condo unit ni Ci-N. Maghihintayan nalang kami don.

Binulsa ko ang cellphone at wallet ko bago lumabas ng kwarto. Huminto ako sa tapat ng pinto ng kwarto ni Kuya Angelo. Nag-alanganin pa ko kung kakatok ba ko o hindi.

Hinga malalim...

Sa huli kumatok pa rin ako at hinintay ang pagsagot nya.

"**Pasok!**" Utos nya.

Dahan-dahan kong binuksan ang pinto. Nakaharap sya sa laptop nya at puno ng mga papel ang lamesa. Bahagya nyang inikot ang swivel chair nya para maka-harap sakin.

"**Hmm... K-kuya, punta lang ako sa birthday party ni Ci-N.**" Paalam ko.

Hinintay kong paalalahanan nya ko kagaya ng lagi nyang ginagawa, pero nag-nod lang sya kasabay ng pagbibigay nya ng malamig na tingin.

"**Ingat.**" Dagdag nya.

Ang lamig naman... Gininaw ako.

Yumuko ako habang pinaglalaruan ang daliri ko. "**P-pwede mo b-ba kong ihatid?**"

Inikot nya ang swivel chair patalikod sakin. "**Marami akong ginagawa. Kay Aries ka nalang pahatid, sabihin mo utos ko.**"

Para akong sinibat ng sampung beses. Ang lamig na ng pakiki-tungo nya sakin. Pakiramdam ko kasalanan ko kung bakit ganyan sya sakin.

"**S-sige. Sorry sa istorbo.**" Sabi ko at naglakad na palabas.

Bagsak ang balikat ko habang kagat-kagat ang labi ko. Ganun ba kasakit yung mga sinabi ko sa kanya? Hindi ko alam na ganito ang magiging epekto sa kanya.

"**Jay-jay! Saan ka pupunta?**" Tanung sakin ni Mama.

"**Sa birthday party.**" Walang buhay kong sagot.

"**Anung oras ka uuwi? Wag kang magpapa-gabi.**"

"**Sige.**" Sagot ko at naglakad na palabas ng bahay.

Alam kong kakagalitan na naman nya ko. Ganun ang ginawa nya nung nalaman nyang napa-away ako sa gotohan. Sa halip na makipag-sabayan sa galit nya, tumahimik nalang ako.

Kagaya nung isang araw tinignan ko muna ang paligid kung may nag-aabang ba sakin. Mahirap, hindi ba tuluyang gumagaling ang mga sugat at pasa ko.

Coast is clear...

Nang masiguro kong walang kahina-hinala tsaka pa lang ako lumabas.

"**Jay-jay!**" Tawag sakin ni Aries na nagpahinto sakin.

Nilingon ko sya. "**B-bakit?**"

"**Akala ko papahatid ka?**" Bored nyang sabi.

Narinig ba nya kami?

"**K-kasi...**"

"**Sakay na. Baka magalit si Kuya kapag hindi kita hinatid.**"

Naguluhan ako sa inasta nya. Hindi kaya sinapian sya ng kung sinong animal na dimunyu? O kaya naman ng anghel. Bigla-bigla naman kasi.

Baka hindi naka-inom ng gamot.

Binuksan nya ang pinto ng kotse nya at akmang sasakay pero huminto sya ng makitang hindi ako kumikilos sa kinatatayuan ko.

"**Anu? Tatanga ka nalang dyan?**" Medyo iritable nyang tanung.

Medyo nataranta pa ko sa paglapit at sakay sa kotse nya. Tahimik lang sya at walang lingon-lingon habang nagmamaneho.

Hala! Baka nababaliw na si Aries the Horoscope!

"**Saan ba punta mo?**"

Napa-kurap-kurap pa ang mata ko habang nina-nam-nam ang mga sinabi nya. Nagtatanung sya. Normal. Walang halong galit o inis. Normal. Normal. Normal....

Ay may sakit to! May lagnat siguro.

Bahagya akong lumapit sa kanya at hinawakan ang noo nya. Agad nyang hinampas yun sa pagkabigla.

"**What the hell?!**" Galit na sabi nya.

Sinubukan ko ulit hawakan ang noo nya pero hinampas na naman nya yun. "**May sakit ka.**"

Nangunot ang noo nya at sandali akong tinignan. "**Wala akong sakit! Baka ikaw!**"

Ay sinisigawan na ko. Normal na sya.

"**Okay... Wala ka ng sakit.**" Bulong ko pero mukang narinig din nya.

"**Problema mo?!**"

"**Wala... Dun ako sa Condo ni Ci-N.**" Sabay turo sa pinaka-malaking building na natatanaw ko.

Malalim na buntong hininga ang pinakawalan nya. Hindi na rin ako nagsalita. Normal na kasi sya. Hindi na kailangang magtaka.

Normal sya para sakin kapag lumalabas ang pagiging saltik nya.

Nakarating kami sa tapat ng building na tinuro ko. Natanaw ko na rin si Rakki na nakatayo sa entrance dala ang mga regalo namin.

"**Hoy!**" Inis na tawag sakin ni Aries. "**...Wag ka na ulit tatawag sakin ng umiiyak.**"

"**B-bakit?**"

Nag-aalala kaba?

"**Ang tinis ng boses mo! Ang sakit sa tenga! Pakiramdam ko nalaglag lahat ng tulok sa tenga ko!**" Inis na sabi nya.

Gago you...

"**Tatawag nalang ako kapag malapit na kong mamatay.**" Sagot ko at agad na bumaba ng kotse nya.

Kinawayan ko si Rakki. Kumaway din sya sakin habang nakangiti ng makita nya ko. Patakbo akong lumapit sa kanya.

"**Hinatid ka ni Aries?**" Medyo gulat na tanung nya. "**...Himala!**"

"**Oo! Kaya samahan mo ko mamaya. Papamisa ako sa simbahan.**" Natatawang sabi ko at tumawa din sya.

Kinuha ko ang regalo ko na naka-baba sa sahig. Ganun din ang ginawa nya sa ireregalo nya.

"**Baka may sakit?**" Tanung nya.

Tumawa ako. "**Meron nga. Pero nawala din agad.**"

Patuloy kami sa pagtatawanan. Narating namin ang elevator at hinintay na magbukas yun.

"**Magustuhan kaya ni Ci-N to?**" Tanung nya.

Ngumiti ako sa kanya. "**Oo naman. Basta galing sayo kahit basahan pa yan tatanggapin nya.**"

Ngumiti naman sya na parang kinikilig. Nakakatuwa sya tignan. Nag-ayos pa talaga sya para lang kay Ci-N. Matangkad sakin si Rakki at maganda ang hubog ng legs. Pwede syang model dahil sa porma ng katawan nya.

Tumunog ang bell ng elevator at bumukas. Bumungad sakin si David na naka-simpleng white tshirt lang.

"**Andito kana pala.**" Sabi nya. "**...akala namin hindi ka pupunta. Susunduin sana kita.**"

Pumasok kami ni Rakki at hinayaan si David na pindutin yung floor number.

"**Bakit? Hindi ba magsisimula ang party ng wala si Jay-jay?**" Medyo inis na tanung ni Rakki.

"**Parang ganun na nga.**" Natatawang sagot ni David.

Malamang tinotopak na naman si Ci-N kaya ganun ang nasabi ni David. Napatingin ako sa itaas na bahagi ng pinto ng elevator. Tinignan ko yung number ng floor, para kasing maling floor yung pupuntahan namin.

Alam ko 8th or 9th floor ang unit ni Ci pero nasa 12th floor na kami.

"**S-saan gaganapin yung party ni Ci? Bakit parang malayo na tayo sa floor ng unit nya?**" Tanung ko kay David.

"**Sa rooftop.**" Mabilis nyang sagot habang kinakalikot ang cellphone nya.

Ang taray....

Nakarating kami sa pinaka-huling floor. Parang bata na hindi mapakali si Rakki. Nauuna pa sya samin ni David.

Sa fire exit lang daw ang daan papunta sa rooftop kaya naman dun kami dumaan. Binuksan ni Rakki ang pinto at naunang lumabas pero napahinto ako. Niyakap ko ng mahigpit ang ireregalo ko at napayuko.

"**May problema ba Jay?**" Tanung ni David na agad lumapit sakin.

Tinignan ko sya at ang hawak kong Babasaging Garapon. Dahan-dahan kong inabot sa kanya yun.

"**H-hindi ko kayang harapin si Ci... Baka pwedeng ikaw nalang ang magbigay sa kanya?**" Paki-usap ko.

"**But why?**"

Umiling lang ako. Hindi ko rin alam ang dahilan. Parang may humihila sakin na wag ng tumuloy. Yung orihinal na plano ko ang pumapasok sa isip.

Ang huling beses na makikita ko ang natural na ngiti nya.

Kinuha ni David ang hawak ko at malungkot akong tinignan.

"**Hindi magiging masaya ang birthday nya.**" Sabi nya at nagpilit ng ngiti.

Sinubukan kong suklian yung ngiti nya pero hindi ko nagawa. Tumalikod sya sakin at dumiretso sa pinto ng Fire Exit. Nang mawala sya sa paningin ko saka lang ako naglakad pababa ng hagdan.

Lumabas ako sa parehong floor na pinang-galingan namin. Bagsak ang balikat ko at hindi ko maiwasan na hindi malungkot sa ginawa ko.

Hindi na kasi talaga pwedeng ibalik...

Palapit na ko sa elevator ng marinig akong sumisigaw. Hindi ko na sana papansinin pero umulit na naman hangang sa luminaw yung salitang isinisigaw.

"**JAY-JAY!**" Namamaos na sigaw ng kung sino.

Nilingon ko yun at ganun nalang ang gulat ko ng makita ko si Ci-N na nasa ere. Literal na nasa ere dahil bigla syang tumalon palapit sakin.

Anak nang....

Para syang ibon dahil sa nakabukas nyang braso at binti. Yun nga lang hindi sya marunong lumipad kaya ang ending babagsak sya....babagsak sya....sakin?!

Huli na para humakbang ako palayo dahil tuloy-tuloy akong bumagsak sa sahig kasama ni Ci. Tumama pa ang siko ko sa sahig at parang nakuryente ang braso ko don.

"**Ugh! Aray ko...**"

"**Jay-jay!**" Sigaw nya habang nayakap sakin.

"**U-umalis ka dyan! Ang bigat mo!**"

Dahan-dahang umalis si Ci-N sa ibabaw ko. Nakangiti pa sya habang hinihintay akong bumangon. Nakasimangot akong humarap sa kanya.

"**Sira ulo ka ba? Feeling mo si Superman ka?**" Medyo inis na sabi ko habang nagpapa-pagpag.

"**Si Eman yun...**" Patukoy nya sa tunay na pangalan ni Eman. "**...atleast naabutan kita.**"

Oo nga naman... Sumakit nga lang katawan ko.

Hinawakan nya ang kamay ko at hinatak ako. "**Dun tayo sa party ko.**"

Hangang makarating sa fire exit hataktak pa rin nya ko. Hindi na rin nya ko binigyan ng pagkakataon magsalita o magprotesta.

Pagbukas ng pinto papunta rooftop. Cue music. Para akong nakarating sa ibang lugar. Para akong nasa fun or play house.

Merong inflatable slide, pool na puno ng bolang may kulay, mascots ng iba't ibang character, table na puno ng candy at chocolate, nagkalat din ang balloons at puro makukulay na ilaw sa paligid.

Nakita ko si David na nakangiti sakin habang umiinom ng Juice.

Alam nya siguron hahabulin ako ng batang to.

Baliw kang David ka!

"Jay!" Tawag sakin ni Rakki habang palapit. **"...Saan ka nagpunta at bigla ka nawala?"**

"N-nag-CR lang." Palusot ko.

Tinignan ko yung katabi ko at wala na si Ci. Mukang naki-halubilo na sa mga bisita nyang bata. As in bata na mukang nasa 7 hanga 9 na taong gulang. May nakikita rin akong adult pero nasa sulok sila malayo sa mga naglalarong bata.

Bantayan nyo kaya mga anak nyo! Kapag may nangyari kasalanan ng nagpa-party.

"Dun tayo..." Aya sakin ni Rakki.

Lumapit kami sa isang round table. Muntik na kong mapahinto ng makita kong kunpleto ang mga Ulupong. Kasama ang Hari nila.

"*Hi Jay!*"

"*Bagong gupit!*"

"*Mas bagay yung mahabang buhok!*"

"*Anung meron bakit ka nagpa-gupit?*"

Kanya-kanya sila ng tanong sakin. Pinili kong hindi sila pansinin. Humanap kami ng bakanteng upuan na medyo iwas sa kanila.

Ewan ko pero hindi ko maiwasan na hindi kabahan. Ilang beses kong kinumbinsi ang sarili ko na dapat na kong mag-move on. At ngayong kaharap ko na sya, umuurong na naman yata ako.

"Hi Jay!" Bati sakin ni Mica pag-upo ko sa tabi nya.

Akala ko kung sino...

"Hello..." Bati ko at tinignan ang katabi nya sa kabila.

Wala si Calix? Niligid ko ang paningin ko at nakita ko syang naka-upo sa malayo malapit sa mga kapwa nya Ulupong.

"**War sila.**" Bulong sakin ni Rakki.

Mukang napansin nyang hinahanap ko ang labidab nitong si Mica. Nakayuko lang naman sya habang kuwaring busy sa cellphone.

Naglalaro lang naman...

Muka kaming ewan habang pinapanood ang mga bata na tuwang tuwa sa pakikipag-laro sa mga mascot. Nanlaki ang mata ko ng makita ko ang isang pamilyar na mascot malapit samin.

"**Si Snorlax!**" Wala sa sariling sigaw ko.

Nakatayo pa ko habang naka-turo don. Hindi na ko nagdalawang isip pa. Mabilis akong lumapit kay Snorlax at niyakap sya ng mahigpit.

"**Hala Jay! Para kang bata!**" Sabi ni Rakki na sumunod pala sakin.

"**Cute nga eh! Kuhanan kita picture... Dali!**" Excited na sabi ni Mica habang tinututok sakin ang camera.

Gusto ko gantong kalaking snorlax.

Mahigpit ang yakap ko sa kanya habang nagpi-picture. Parang ayoko na syang bitawan pa. Iuuwi ko na to!

"**Pwede ko bang iuwi to?!**" Tanung ko kila Rakki at Mica.

Nagkibit balikat lang naman sila. Dumaan si Ci-N sa harap namin habang may dalang plato na puno ng pagkain. Nagdalawang tingin pa sya sakin bago huminto.

"**Hala! Lagot ka!**" Sabi nya na parang nagbabanta. "**...Lalaki ang nasa loob nyan.**"

Awtomatikong lumipat ang tingin ko sa pwesto ng mga Ulupong. Nanlaki pa ang mata ko ng makita ko ang Hari na naglalakad palapit samin. Saradong sarado ang kamao at handa ng pumatay ng

mascot.

"**Dali! Dali! Ilayo natin sya!**" Wala sa sarili kong sigaw kila Rakki at Mica.

Agad naman silang sumunod sakin habang tinutulak ang mascot papunta sa kung saan. Pinagtitinginan kami ng mga bata dahil ginagawa namin.

"**Anu ba yan?!**" Dinig kong sigaw ng isang bata ng muntik ng namin syang mabunggo.

"**Sorry.**" Sabi ni Mica sa kanya.

Kung saan-saan kami nakarating hangang sa makakita kami ng mga nakatambak na bangko at lamesa. Pati ibang gamit kagaya tela at lobo, andito din. Dun kami nagtago hangang sa mawala sa paningin namin ang Hari.

"**Wala na! Wala na!**" Sabi ni Rakki habang naghahabol ng hangin.

Tinanggal nung nasa loob yung ulo ng mascot na suot nya. Pawis na pawis syang humarap samin.

"**B-bakit nyo po ako dinala dito?**" Sabi nya habang pinupunasan ang pawis. "**...baka po makagalitan ako ng Boss ko.**"

"**Okay lang yan... Kami nalang kakausap sa Boss mo.**" Sabi ni Mica. "**...Anu nga pala pangalan mo?**"

"**Clefford Mills po.**"

Ang bata pa ng itsura nya. Mukang kasing edad lang namin pero nagta-trabaho na sya.

"**Pasensya kana ah? Kung hindi ka namin nilayo, baka umuwi kang duguan sa inyo.**" Sabi ko habang pinupunasan ang pawis sa noo ko.

"**P-po?**" Medyo takot na sabi nya.

"**Yung ex kasi nya... May sapi, hindi maintindihan kung anu**

feelings sa kanya." Sabi ni Rakki.

Napa-ngiwi ako. "**Hindi ko ex yun... Hindi nga naging kami eh.**"

"**P-pasensya na po... P-pero naguguluhan po ako. Pwede na po ba kong bumalik sa trabaho ko?**" Paalam nya samin.

Wala naman na sigurong gagawing masama sa kanya si Keifer. Ngumiti ako sa kanya at nag-nod. Sinuot ulit nya yung ulo ni snorlax at lumabas na sa pinagtataguan.

Muka kaming ewan na nagstay don dahil sa pagod. Nakakaramdam na rin ako ng gutom.

"**Kain na tayo?**" Aya ko sa kanila.

Nagtinginan muna sila bago mag-nod at maglakad papunta sa table na puro pagkain. Self service ang peg nila kaya eto kanya-kanya kami ng kuha. Nahihiya akong ipakita ang pagiging patay gutom ko kaya naman kaunti lang kinuha ko.

Mga limang sandok ng kanin at ulam. Dalawang plato dala ko. Kakahiya kasi.

Habang kumakain bigla nalang naupo si Calix sa tabi ni Mica. Binaba nya ang isang plato na may slice ng cake.

"**Mica...**" Parang nagsusumamo ang tinig ni Calix. "**...mag-usap na tayo.**"

Parang walang naririnig si Mica at tuloy lang sa pagkain. Malapit-lapit na kong maawa kay Calix dahil sa pangingilid ng luha nya.

Bahagya kong siniko si Mica at nginuso si Calix para ituro. Nagbuntong hininga sya habang nakatingin sakin.

"**Hindi ko sya kakausapin at alam nya ang dahilan.**" Sabi nya at uminom ng tubig.

Bagsak ang balikat ni Calix habang naglalakad palayo. Pareho pa kami ni Rakki na naka-tingin sa kanya.

"**Anyare sa inyo? LQ?**" Tanung ko.

Umiling sya at tumingin sa kung saan. Tinignan ko si Rakki pero nagkibit balikat lang sya.

"**Jay-jay!**" Tawag sakin ni Ci-N habang bitbit ang Babasaging Garapong regalo ko sa kanya. "**...Anu to?**"

Ngumiti ako sa kanya at binuksan ang garapon. "**1 surprise egg per day.**"

Kinuha ko yung isang surprise egg at inabot sa kanya. Alam kong favorite nya yun at lagi nyang inaabangan ang nasa loob nung itlog.

Katumbas nito yung 1 message per day na merong pang-isang taon. Kaya pang-isang-taon din yung laman nung garapon.

Sana lang magustuhan nya...

Bigla nalang syang umiyak. Nataranta kami ni Rakki at Mica.

"**Bakit? Ayaw mo ba?**" Tanung ko.

Ngumiti sya habang patuloy sa pag-iyak. "**Nagustuhan ko!**"

Panay ang palitan namin nila Rakki at Mica ng tingin. Ang weird kasi ng ina-asta nya. Gusto nya pero umiiyak sya.

"**Gusto ko... Gustong-gusto ko talaga.**" Sabi nya at pilit pinupunasan ang luha. "**...Sorry.**"

Parang piniga ang puso ko ng sabihin nya yung salitang yun. Ngayon lang nya kasi sinabi yun na parang nagmamaka-awa sa kapatawaran ko, matapos lahat ng nangyari.

"**Sorry Jay... Sorry kung hinayaan ko silang saktan ka. Sorry kung pumayag ako sa plano nila. Sorry kung wala man lang akong sinabi sayo.**" Huminga sya ng malalim. "**...Sorry talaga.**"

Ci-N...

Ngayon ko napatunayan na merong magagawa yung salitang Sorry.

Kahit hindi non mabago ang nangyari o maibalik ang oras. Kaya naman non hilumin ang sakit na kinikimkim ko.

Lumapit ako sa kanya at hinawakan sya sa ulo. "**Okay na... Hindi na galit si Ate. Happy Birthday!**"

Ngumiti ulit sya sakin at niyakap ako ng mahigpit. Agad din naman syang bumitaw at kinuha ang regalo ko sa kanya.

"**Itatago ko muna to!**" Buong galak nyang sabi.

Naiwan kaming nakatingin lang sa kanya. Sandaling nagpaalam na mag-cr si Mica. Si Rakki naman ay pinuntahan ang Ate ni Ci-N. Naiwan akong tumitingin lang sa paligid hangang sa makita ko ulit si Snorlax.

Lumapit ako dun at sinalubong ng yakap. "**Bulaga!**"

Bahagyang yumuko yung ulo ni Snorlax at parang tumingin sakin yung nasa loob. Ngumiti ako sa kanya ng gumanti sya ng yakap.

Siguro kasi kilala na nya ko.

"**Pasensya kana kanina ah? May topak kasi yung Hari ng mga Ulupong.**" Sabi ko habang naka-yakap pa rin. "**...hindi maintindihan ang gusto sa buhay.**"

Nayakap pa rin sakin si Snorlax at parang bumaba ang maliit nyang kamay sa bandang likod ko. Hindi ko nalang pinansin.

"**Sana totoo'ng may snorlax sa mundo. Para pwede kong padaganan yung Dimunyung Ulupong na gumugulo sa isip at puso ko.**"

Sa totoo lang hindi ko alam kung bakit ako nagsasabi ng ganito sa mascot. Alam ko namang may tao sa loob pero hindi ko mapigilan na hindi magsalita sa kanya.

Nasanay yata ako sa snorlax sa kwarto ko.

"**...Hindi bale... Makaka-move on din ako sa peste na yun. Mawawalan din ako ng feelings sa kanya, at hindi na ko**

makapag-hintay." Nakangiting dagdag ko.

Bigla nalang umalis sa pagkakayakap sakin si Snorlax at parang narinig kong magsalita si Clifford mula sa loob.

"***I won't let you!***"

Humiwalay ako ng pagkakayakap at taka syang tinignan. Tinanggal nyang pilit ang ulo ng mascot at nanlaki ang mata ko ng makita kung sino ang nasa loob.

Hindi ka si Clefford!

"I won't let you move on. I won't let you fall out of love. I won't allow it."

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Ayun... Hindi umabot ng 10chapter.
Bigay nalang ako Trivia, about sa AMNSE at mga Ulupong.

Trivia #1
Nagsimula ang AMNSE habang naka-higa ako sa duyan at nagbabasa ng **The Four Badboys And Me**... Yes! You read it correctly. Puro english kasi ang binabasa ko sa wattpad at late ko na tinignan ang mga sikat na story ng pinas.

Anyways, panu nangyari? Habang nagbabasa ako, may part ng story na inilipat si Candice sa Section nila Jeydon. Sa pagkaka-intindi ko (hindi ko na kasi natapos), walang babae sa Section nila Jeydon. Full support din sila ng sumali sya ng pageant.

Dun na pumasok si *What if*... What if may Section na iisa lang ang babae? But somehow full support sila sa lahat ng bagay. #TropaGoals. Pero ayoko ng pabebe, ayoko ng inaapi, gusto ko medyo maldita.

Then isinilang ang babaeng lokaret ata.... Ipinangalan ko sa pamangkin kong naglalaro sa loob ng bahay nila.

👏👏👏👏👏👏👏👏👏 *clap**clap*

Pero, ngunit, subalit, datapwat.... Hindi ko kinuha si Aries, Percy, Yuri at Keifer sa Four Badboys. Dahil hindi naman badboy si Aries---kahit hindi halata.

Ang original plan ay Keifer, Jay-jay at Aries lang---then the Ulupongs. Yes! Indeed! Love triangle ang tatlo. Kasi nga ampon lang si Aries. Kaya ayun, wala talaga si Yuri at Percy.

Eh inspired masyado ang Lola nyo. Pindot lang ng pindot ng letra sa cellphone. Hindi ko namalayan nabuo na pala si Yuri tapos dapat

may gagawin syang masama kay Jay-jay pero nabago na.

Si Percy? Gusto ko kasi yung lalaking parang laging naka-sunod sa bida. Dapat may gusto din sya kay Jay-jay. Kayalang puta! Ganda naman ng bida! Nahiya yung ganda ko.

Kaya nabuo ang APYK! Or KYPA or KYAP. Basta silang apat!

Sa mga Ulupongs....

Ang pangalan ni Blaster ay galing sa kalahok ng Music Hero sa EatBulaga. Nagalingan ako sa kanya kaya kinuha ko pangalan nya.

Si Josh din... Dun ko din nakuha. Mga last character na kasi yan. Tipong tinamad na ko mag-isip ng pangalan. Pero yung character nya inspired sa bida ng story ni blindcloud, yung the Transfer Student from Public High.

Si Denzel? Dastan talaga original name nyan pero tunog daspan kaya iniba ko. Si Grace na gf nya, sa pangalan ng classmate kong Mary Grace---na medyo may galit ako. Hehehehe

Si Calix? Meron kasi akong listahan ng mga pangalan para sa mga Baby boy. Nakita ko yan at sabi ko parang ang astig pakinggan.

Si Edrix naman, pumasok lang sa isip ko tapos late ko na napansin na magkatunog pangalan nila ni Calix. Kaya dinagdagan ko ng Knight. Rhyme baby, rhyme.

Si Rory naman, meron akong narinig sa tv na ganun ang pangalan. Movie ata yun. Tapos sabi ko parang ang unique pakinggan.

Si Kit, obviously sa crush kong si Kit Harrington. Yung gumanap na John Snow sa Game of Thrones. Wala naman akong balak gawin syang bakla... Ini-mini-maynimo lang ginawa ko don. Hahahaha

Si Mayo? Meron akong isa pang story. About sa babaeng may multiple personality. May kaibigan syang Mayo ang pangalan and it's a Girl. Kinuha ko nalang kasi hindi naman na-publish yng story na yn. Jeson is pronounce as He-son.

Si Drew or Andrew ay pangalan ni Kuya ko. Oo may kapatid akong lalaki. James Andrew ang totoo nyang pangalan pero nakuha ko ang nickname na Drew kay Drew Arellano. Magka-pangalan kasi sila ng Kuya ko. Andrew James nga lang sya.

Si Eren naman... Sa Attack on Titans. Hehehehe. Nanonood kasi ako ng movie non. Tapos naisip kong hiramin ang pangalan ng bida.

Si Felix ang unang nabuong pangalan bago si Yuri at Percy at iba pang ulupong. Bago din si Aries. Basta nabuo lang sya sa isip ko.

Si Eman... Hahahahaha... Kasi gusto ko yung pangalang Eman. Kayalang gusto ko nickname lang yun tapos malupit ang real name. Ayun nga! Malupet nga, superman. Sabi ko gusto ko may Chef sila.

Alam nyo naman na yung kay Ci-N at David. Wag nyo ng hanapin ang real David Brewer. May asawa't anak na yan.

Hahahahahaha... Sa susunod nalang ulit. Visit our group and page! Mwuah! 😘😘😘

Maraming salamat po sa lahat ng gumawa ng Book Cover, fun art atbp.
Ngayon ko lang na-Post. Hahaha

Sana magustuhan nyo ang gawa ng mga Tropa. 😁😁😁😁

Thanks po Christine N. Sabordo


amnse
THE
DARK
SIDE
By:eatmore2beshappy


Ang
Mutya
Ng
Section
E
BY EATMOREBEHAPPY

Salamat dito Clefford Millos

Jay Jay
Yuri
ANG MUTYA NG SECTION E
Eatnore2behappy

Ng
WANTyN Ng
SECTION
I



Thank you jhona_19 or Sophia Flores

Ang Mutya
Ng Section E
By: Eatmore2behappy


Ang Mutya
Ng Section E
By: Eatmore2behappy

Thanks po dito lyleliyeang...

Salamat dito, from twitter with love. Hahaha @presaa



Thank you po dito Aprilaine Borreta

Salamat po @EmpressofIceVille


ANG MUTYA NG SECTION E
eatmore2behappy
AnimeNewsNetwork.com

Salamat riyyyyyyyyyy

Ang Mutya
ng Section E
the Dark Side
Catmore2behappy



Thank you po @Dark_moon_light_7



Thank you po CozImYours_Baby

Thank you po dito MsZenZenen



Sipag! Haha salamat dito thatAmbivert

To be continued....

Cover II

Eto pa po ang mga cover... Marami to!

Sipag talaga! Hahaha salamat ulit thatAmbivert



Ang Mutya ng Section E



Ang Mutya ng Section E

THE DARK SIDE

EATMORE2BEHAPPY

Eto pa isang masipag! Hehe Salamat ng Marami
TheGreatAdmirer

2017.07.12

AMNSE
The Dark Side

DON'T COMPARE YOUR LIFE TO OTHERS. YOU HAVE NO IDEA WHAT THEIR JOURNEY IS ALL ABOUT. NO ONE IS IN CHARGE OF YOUR HAPPINESS EXCEPT YOU. DON'T TRY SO HARD.

PosterLabs

Sincere Honest Warm-hearted Reliable Friendly

AMNSE : Dark Side



Friends pick us up when we fall down,
and if they can't pick us up, they lie down and listen for a while.

PosterLabs


"Wickedly Funny!"
Jay-jay
"Terrific Performance!"
Keifer
"Heartful and Amusing!"
Yuri
AMNSE : Dark Side
Photo Grid

Salamat po dito jcfeb28


Ang mutya ng section E
the dark side
eatmore2behappy



Salamat po dito chrishadelavin123

Salamat po dito Itsme_talexo



Salamat po dito BabesFriendsForever



Thank you po dito AlengBureng



Thank you po mstryhard



Salamat po Kristaleyn_Kim


Ang Mutya ng Section E
The Dark Side
eatmore2behappy

Thank you po dito nowyouseeme

Thank you po dito @queenneihsy



Thank you po FairYasha7500

Salamat po dito LadyTwinkle

To be continued...

Chapter 215

A/N: Daya nyo ah! Bakit ayaw nyong i-correct Japanese ko? Dapat i-correct nyo din yan. Si Google Translator lang gamit ko wala pa kong tiwala. Hehehehe..

Thank you Jessa for teaching me basic.

Saving you

Jay-jay's POV

Minsan sa sobrang gulo ng nangyayari sa buhay natin parang ang sarap iuntog ng ulo sa pader. Yung malakas na malakas at tipong makakatulog ka nalang at hindi na magigising.

Iuntog mo na sarili mo! Support kita!

Pero minsan mas masarap iuntog ang ulo ng taong nagpapagulo ng lahat sa buhay mo. At yun ang gusto kong gawin dito sa kaharap ko.

"**You can't do that! You can't move on and forget everything that we've done!**" Inis na sabi nya habang dinuduro ako gamit ang kamay ni Snorlax.

Suot pa rin nya kasi ang mascot at tanging ulo lang ang naalis nya kanina. Natameme ako. Parang umurong ang dila ko at ayaw ng magfunction ng katawan ko.

Hindi ko maintindihan tong taong to! Etong Dimunyung Gagong Impaktong Pesteng Kumag na Hari ng mga Ulupong!

Naguguluhan ako sa ginagawa nya. At bakit ba sya ang nasa loob ng mascot na Snorlax? Nasan si Clefford na kausap namin kanina? Puno ng pagtataka ang itsura ko.

"**Hey! Listen to me!**" Sabi nya at kinakaway ang mga kamay ni Snorlax sa harap ko.

Sa halip na hayaan syang magsalita, tinalikuran ko sya at mabilis na lumayo sa kanya. Kung saan ako papunta? Hindi ko alam.

"**Jay! I'm not done talking to you! Get back here!**" Sabi nung Pesteng Hari.

Tumingin ako sa likod ko at nakita kong humahabol sya palapit sakin pero dahil sa suot nya hindi man lang sya makahakbang ng maayos.

Buti nga sayo! Mag-dusa kang gago ka!

Binilisan ko pa ang pagtakbo at nakisiksik narin ako sa mga batang nag-lalaro. Napatalon tuloy ako sa pool na puno ng mga plastic ball na may iba't ibang kulay.

Mukang akong ewan na lumalangoy kahit walang tubig. Basta makalayo lang ako sa Dimunyung yun.

Langoy lang, langoy!

Pagka-ahon don nakita ko syang pinagkaka-guluhan ng mga bata. Kulang nalang magmura sya ng malakas para lang layuan sya.

Tinuloy ko ang paglayo sa kanya. Lumapit ako sa inflatable slide at umakyat don. Ang hirap gumalaw dahil hindi naman stable yung slide. Nasa taas na ko ng magpag-tanto kong nag-aabang ang talipandas sa baba.

"**We need to talk!**" Sigaw nya sakin.

Umiling naman ako at akmang baba pero napatingin ako sa bata sa likod ko. Nakasimangot sya at kulang nalang itulak ako.

Wala akong choice kundi ang mag-slidw pababa. Alam kong nag-aabang sya kaya naman inunat ko ang binti ko at buong lakas na tumama yun sa kanya. Tumilapon sya sa pool na puro bola at hindi na nakagalaw.

"**Damn it! Remove this thing from me!**" Sigaw nya.

Bahala ka dyan!

Natatawa nalang ako habang tumaktakbo palayo sa kanya. Eto kasi ang dapat. Sobrang naguguluhan ako sa kanya. Hindi ko maintindihan ang gusto nyang mangyari. Pero isa lang sigurado ako, hindi na dapat ako makinig pa sa kanya.

"**Jay-jay.**" Tawag sakin ng kung sino sabay hawak sa siko ko.

Salubong ang kilay ko habang nakatingin sa kanya. "**Kailangan mo?**"

Bakit parang ang tamlay ng muka nya?

"**Can we talk? Please...**" Sabi nya na punong-puno ng paki-usap.

Handa na sana akong barahin sya ng '*You're already talking*' pero napatigil ako ng makita ang mata nya. Kita ko namang sincere sya sa pakiki-usap nya.

Ganto yata talaga ang routine ng mag-bestfriend na to. Matapos aking bwisitin ng isa, susundan naman ng isang to. Hindi ko talaga ma-gets ang trip nila sa buhay.

Road trip? Bad trip? Field trip?

Tipid akong nag-nod sa kanya at biniba nya ang kamay nya sa braso ko. Ginayak nya kong palapit sa fire exit. Pumasok kami don at bahagyang lumayo para makapag-usap ng maayos.

"**Anung kailangan mo?**" Tanung ko at nag-echo agad ang boses ko sa buong fire exit.

Mukang napansin naman nya yun. Binuksan nya ang pinaka-malapit na pinto at inaya ako don. Isang malawak na ballroom ang bumungad samin. Nasa sulok lang ang mga ilaw kaya medyo madilim.

"**Jay... Please. Let me explain.**" Paki-usap ulit nya.

Ayoko sanang makinig pero andito na ko. Sayang ang nilakad ko kung hindi ko sya papansinin.

"**Ge! Explain.**" Walang gana kong sabi.

+ +

Yuri's POV

I'm so thankful right now. Hindi ko alam kung anung meron pero nagpapasalamat ako na handa na si Jay-jay na pakinggan ang explanation ko.

Honestly, wala talaga akong balak na kausapin ngayon si Jay-jay. Alam ko yung nangyari sa kanila ni Keifer sa gotohan few days ago. Sariwa pa sa kanya at parang sampal sa kanya kung bigla ko syang kakausapin about this.

Pero kanina....

Nung makita kong hindi mapakali si Keifer kaka-hanap sa mascot na Snorlax nag-iba na ang pakiramdam ko. Kinakain na naman sya ng selos nya.

At kinakain din ako ng selos.

"Letting go, but here you are searching for your next victim." Parinig ko sa kanya.

He give me his usual death glare. I just shrugged and continue looking around. Ci-N's party is for childriend and not for teenager like us.

What do I expect from Ci-N Peralta?

"Found you! Son of a b!tch!" Galit na sabi ni Keifer at hinabol yung naka-mascot.

Napa-iling nalang ako. Bakit parang nahahawa na si Keifer kay Ci-N? It should be the other way around. Pero parang hindi yun ang nangyayari.

I release a heavy sigh and look around again. I saw Jay-jay with Rakki ang Mica. She still look pretty, even though she cut her hair. But atleast I can see her smiling again.

I miss you Jay.

Ngayon pinakawalan kana ni Keifer pwede na kong gumawa ng paraan. Pwede na kong kumilos ng hindi ka nasasaktan. If I need to stop the engagement, I will. Maging masaya ka lang ulit.

Yun ang nasa isip ko ng mga oras na yon pero nagbago ang lahat ng marinig ko sila. I didn't know, Keifer wear the costume thing for mascot. Kaya sobra ang pagtataka ko sa ginawa nya. And things gone worst ng marinig ko ang sinabi nya.

'*I won't let you move on. I won't let you fall out of love. I won't allow it.*'

This can't be! Kakasabi lang nya na nagpapa-ubaya na sya. Na pinapalaya na nya si Jay-jay pero ano to? Bakit may ganito? Bakit ayaw nyang hayaan si Jay-jay na makalimutan ang nararamdaman sa kanya?

I don't understand Keifer, hindi sya nagsisinungaling sa oras na to. Seryoso sya at parang ayaw pakawalan si Jay-jay. I have to do samething.

Si Keifer ang dapat na unang kakausapin ko pero nagbago ang isip ko kaya si Jay-jay ang hinanap ko. Hindi naman ako nabigo at eto sya ngayon sa harapan ko.

"**Jay... I'm really sorry for all the pain that I cause. Totoo, naging Gago din ako. Umpisa pa lang alam mo na yun.**" I pause to let her speak.

Sya na nagsabi sakin non na pareho kami ni Keifer na may Sapi. Alam kong hindi naging maganda pagkaka-kilala namin pero ibinalik nya ko sa dating ako.

Sa natural na ako.

She didn't say anything so i continue talking. "**Binuo ni Keifer ang plano na yan, nasa tabi nya ko. Isa rin ako sa nanguna dahil galit ako kay Aries pero aaminin ko may doubt na ko non.**" Huminga ako ng malalim. "**...Kaya nga sa kalagitnaan ng plano huminto ako. Napalapit na ko sayo at nakita ko na ang mga ginawa mo. When I realize that i'm falling for you I try to think**

a plan to save you."

"**Save me?"** Halos pabulong nyang sabi.

Napaliwanag ko na sa kanya to noon, nung nasa gubat kami at naligaw.

"I'm trying to save you from Keifer. From his plan but i'm too late. Nung sinabi mong may gusto ka sa kanya, para akong sinaksak ng Samurai. Nahulog ka na sa plano nya at natakot akong hindi na kita mailalayo sa kanya."

That was the night that she admit she like Keifer. I'm worried and heartbroken. I don't know what to do. I want to save her and I want her.

I fvcking love her.

"Pero hindi ako sumuko. I still tried but of course I failed. I'm desperate to save you and to have you. Ayoko ng masaktan ulit at ayoko ring mangyari sayo yun."

"**Kaya pinilit mo yang punyetang engagement na yan?"** Inis na sabi nya.

Napayuko ako. "**Y-yes.**"

Napailing sya. "**Kaya pala you want to save me.**" She said sarcastically.

I try to move closer but she step back. Napayuko nalang ako at huminto sa balak ko. I compose myself to continue talking.

"I'm not putting all the blame to Keifer. Kasi andun ako nung plinano nya yun. May kasalanan din ako. I'm sorry Jay, I'm sorry for not stoping him, I'm sorry for making decisions that will cross your boundaries." Yumuko ako at ginawa ang isang bagay na hindi ko naisip na kaya kong gawin.

I kneeled down.

"**T-tumayo ka... Wag m-mong gawin yan.**" Utos nya.

But I didn't listen to her. I really want her forgiveness. Kung kailangan kong lumuhod hangang sa hindi nya ko napapatawad, gagawin ko.

"**I'm really sorry... Please Jay. I want you back.**"

Nakita ko ang paghakbang nya palapit sakin. Ramdam ko ang pagtitig nya.

"**Wala sa usapan natin na papatawarin kita.**" Malamig na sabi nya. "**...Ang usapan natin yung explanation mo lang. Nothing else nothing more. Kaya tumayo kana, sayang lang ang pagluhod mo.**"

Tagos sakin ang mga sinabi nya. Sobrang sakit at parang pinipiga ang dibdib ko. Hindi ko alam na kaya nyang maging matigas dahil sa nangyari. O sadyang sinasadya nyang tiisin kami.

Dahan-dahan akong tumayo pero nanatili pa ring nakayuko. Hindi ko maintidihan. Bakit kaya nya kong tiisin ng ganito samantalang kaya nyang makatagal kay Keifer sa kabila ng ginawa sa kanya?

"**Mahal mo talaga si Keifer no?**" Wala sa sarili kong sabi.

Matalim na tingin ang binigay nya sakin. Kulang nalang murahin nya ko para masabi kong galit na talaga sya sakin.

"**Kasi ang dali lang sayong patawarin sya kahit hindi naman nag-e-effort na humingi ng tawad sayo.**" Sabi ko na nagpatigil sa kanya.

Pinipilit kong ibaba ang boses ko. Hindi ko mapigilang hindi sumama ang loob sa kanya. Para kasing napaka-unfair ng sitwasyon para sakin.

"**Hindi ko pa napapatawad si Keifer.**"

Hindi PA? But she will soon.

Hindi ko mapigilang hindi mainis. I laughed bitterly. Ang sakit nito. Sobrang sakit.

"Why him? Why still him? After all the heartache that he gave to you. You still love him."

Bigla nalang may pumatak ang luha galing sa isang mata nya. *Watashi ga naniwoshita?* (What have I done?). Gusto ko syang lapitan at yakapin pero alam kong itutulak nya ko.

"**Hindi naman ganun kadali yun!**" Inis na sabi nya habang pinupunasan ang luha sa pisngi. "**...Kung ikaw nga hindi naka-move on sakin, ako pa kaya sa kanya! Akala mo ba gusto ko pa rin tong nararamdaman ko?!**" Galit na nya kong tinignan. "**...Ayoko nito! Ginugulo ako ng Dimunyung yun, sasabihin na hindi nya ko gusto pero magpapakita naman sya ng motibo! Dahil nga may nararamdaman ako sa kanya aasa naman ako!**"

Napahiya ako sa sinabi ko. Tama nga naman sya. Dahil sa sakit na nararamdaman ko, nakalimutan kong nasasaktan din sya.

Baka.

"I'm sorry, I didn't mean to----."

She cut me. "**Pvta! Sorry ng sorry! Sirang plaka ka ba?! Pareho kayo ng bestfriend mo! Gago talaga kayo! Paulit-ulit sa ginagawa!**" Pinunasan nya ulit ang pisngi. "**...Hindi ko tuloy alam ang gagawin ko!**"

Lumapit ako sa kanya at sa pagkakataon na to hindi na ko nag-alinlangan. Hinawakan ko ang isang kamay nya. Sinubukan nyang ilayo yun pero hinigpitan ko ang hawak.

"**Alam ko ang pwede mong gawin. Kalimutan mo ang nararamdaman ko kay Keifer. I'll help you.**" Sabi ko at nilapit ang kamay nya sa muka ko.

Sandali syang natahimim ang nag-isip. *Please say Yes.* I swear i'll do anything para matulungan ka.

Sobrang sakit sakin ng makita syang nahihirapan ng dahil sa kanya. Kaya gagawin ko ang lahat para mawala ang nararamdaman mo sa kanya. Para maging masaya ka na at hindi na masaktan pa.

Binitiwan ka na nya at hindi ako papayag na magbago na naman ang isip nya. Hindi na pwede!

"Y-yuri... A-ayoko kitang s-saktan. Baka maulit lang yung dati, nagbakasali ako tapos si Keifer din pala." She said and tears fell out from her eyes.

"Si Keifer pa rin ba?" Unti-unti kong binitawan ang kamay nya. **"...umaasa ka pa rin ba?"**

Hindi sya sumagot. Sumisikip ang dibdib ko sa katahimikang binibigay nya sakin.

"Pero binitiwan ka na nya." I said at tinignan nya ko na puno ng pagtataka. **"...nagparaya na sya."**

"A-anung sinasabi mo?"

I don't know if I should tell this.

"About a week now, Keifer ask me to keep you safe. I ask why but he didn't give me an answer." Tinignan ko sya sa mga mata. **"...He said, he's letting you go."**

Kita ko ang panginginig ng kamay nya. Panibagong luha ang bumagsak sa mga mata nya. Agad akong nagsisi sa ginawa ko. Sinubukan kong humingi ng tawad pero bigla nalang naglakad paalis.

Hindi ako nakagalaw at nanatili lang nakatingin sa kanya habang unti-unti syang lumalayo sakin.

I shouldn't have said that. I'm so sorry.

+ +

Jay-jay's POV

Hindi ko alam kung anung mura ang dapat kong sabihin para lang mabawasan ang bigat sa dibdib ko.

Lahat ng klase...Pati hapon at korean.

Mababaliw ako sa mga sinabi ni Yuri. Binitiwan na ko ng Keifer pero ano tong ginagawa nya? Ang lakas maka-depvta nito.

Mabilis ang bawat hakbang ko sa baitang ng hagdan ng fire exit. Pabalik ako sa rooftop at sa totoo lang nag-iinit ang kamao kong dumapo sa muka ng hayop na yun.

Pinaglalaruan nya ko! Buti sana kung magka-muka kami ni Barbie papayag pa ko, kaso hindi. Parang mas kamuka ko pa yung Bratz Dolls.

Binitiwan na pala ako hudlong tapos kanina, sinabi nyang hindi sya papayag na mag-move on ako. At bakit? Sino syang animal sya? Ang lagay, muka akong tanga na aasa sa kanya tapos sya paglalaruan lang ako kapag napagtripan nya.

Malapit na ko sa pinto ng bumukas yun at inuluwa ang Hayop na hinahanap ko. Napahinto din sya ng makita ako pero mabilis na lumakad palapit sakin.

"**We need to talk.**" Maotoridad na sabi nya at hinawakan ako sa braso.

Humanda ka saking hayop ka!

Hinayaan ko syang hatakin ako. Lumabas kami sa pinto ng fire exit at narating namin ang huling floor bago ang rooftop. Patuloy sya sa paghatak sakin hangang sa huminto sya at ako---dahil walang *kami*---sa tapat isang pinto.

Nagmadali syang pindot-pindutin ang keypad sa may pinto. Bumukas yun at hinatak nya ko papasok. Binitiwan nya ko bago buksan ang ilaw. Nasa loob kami ng isang unit.

Pero kanino to?!

Malinis at mukang bago lahat ng gamit. Kumpleto at halos kasing lawak na to ng bahay nila Tita Gema.

Sandali kong pinagmasdan ang paligid bago bumalik sa isip ko ang

dahilan kung bakit sumama ako dito.

"**I will explain to you every----.**"

Hindi ko na pinatapos ang sasabihin nya. Mula sa likod ko, lalakad na sana sya palapit sa sofa pero isang malakas na sampal ang sinalubong ko sa kanya.

Kuwari may lamok!

Alam kong ramdam nya ang pang-gigil ko sa kanya. Dapat sana susuntukin ko sya pero nag-alanganin ako kaya palad ko na lang ang sumalubong sa kanya.

Nakapaling ang ulo nya at matagal bago humarap sakin. Ni hindi nya hinawakan ang muka nya para indahin ang sakit. Gulat at galit ang nakikita ko sa kanya.

"**Sakit ba? Kabila naman, para pantay.**" Inis na sabi ko.

Malalim ang naging paghinga nya. Mukang pinipilit pakalmahin ang sarili.

"**I deserve this.**" Walang buhay nyang sabi.

Kuwaring tumawa ako. "**Buti alam mo dahil TANGINA MO! GIGIL NA GIGIL NA KO SAYO! Gusto kitang balian ng buto.**"

Umiwas sya ng tingin bago kagatin ang labi. Lumakad sya palapit sakin para hawakan ako pero mabilis kong hinampas ang mga kamay nya.

"**Wag mo kong hahawakan!**"

"**Let me explain.**" Mahinahon nyang sabi.

"**Explain what? Sige nga, parinig nga ng panibagong kasinungalingan mo.**" Hamon ko.

Nagkuyom ang kamao nya at mukang napipikon na. Kita ko din ang ilang beses na pagbaba at pagtaas ng adams apple nya.

"**Jay...**" May halong paki-usap ang tinig nya. "**...I understand that you're mad but please listen to me.**"

"**Ge lang! Explain mo lang... Kasi gusto kong maintindihan kung bakit mo ko pinag-lalaruan. Kung bakit mo ko pa-ulit-ulit na sinasaktan. Kung bakit eto ka na naman at ginugulo ako.**" Binigyan ko sya ng plastic na ngiti. "**...Explain mo lang. Baka sakaling malinawan ako at maging dahilan yun para makalimutan ko na ang nararamdaman ko sayo.**"

Bigla nalang nyang sinuntok ang pader. Aaminin kong nagulat ako pero pinilit kong hindi magpatinag. Nakayuko sya pero panay ang taas at baba ng balikat nya kasabay ng malalim na paghinga. Sarado'ng sarado ang mga kamao nya.

"**I told you. I won't let you.**" Madiing sabi nya.

Bwisit talaga! Pikon na pikon na ko!

"**Sino ka para pigilan ako? Bakit? Hindi ba't ikaw din ang dahilan ko kaya gusto ko ng makalimot? Tapos ngayon hindi mo ko hahayaan? ANG KAPAL NG MUKA MO!**" Kasabay ng pagsigaw ko ang pagbagsak ng mga pesteng luha ko. "**...Ayoko na. Ayaw na kitang mahalin.**"

"**Hindi pwede.**" Halos pabulong nyang sabi.

"**Ayoko ko na!**" Sigaw ko.

"**Hindi pwede.**" Bulong ulit nya.

"**Tigilan mo na ko! Hindi na kita kayang mahalin!**"

"**Hindi pwede.**"

"**Tama na! Wag mo na ko pahirapan!**"

"**Hindi pwede!**"

"**Bakit ba ayaw mo kong hayaan?! Bakit ba?! BAKIT?!**"

"**DAHIL HINDI KO KAYANG MAWALA KA!**" Sigaw nya na parang

umabot na sa buong floor.

Natigilan ako. Pareho kaming habol ng hininga dahil sa sigawang ginawa namin. Nanginginig ang labi ko habang nakatingin sa kanya.

Huli ko na napansin na may luha na pala sya mula sa kaliwang mata. Puno'ng puno ng hinanakit ang tingin nya sakin.

"Hindi ko kakayaning mawala ka. So, please... Don't move on."

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 216

A/N: May humahabol. Ayaw daw nila ng Mais dahil mabuhok... Talong 🍆 nalang o kaya saging 🍌. Swabe! Hahahahaha tapos kumana ang Jay-jay.



Ang totoo... Si Jay-jay ang naghahanap ng Upo.

Broken

Jay-jay's POV

Sinungaling! Hindi na ko maniniwala sayo. Hindi mo na ko maloloko. Huling huli na to!

"**Oh!**" Sabi ni Percy habang inaabot sakin ang ice cream na binili.

Kinuha ko yun at sinimulang kainin. Kahit tulala at parang wala sa sarili kumakain pa rin ako.

Kasalukuyan kaming nasa park nitong Stepbrother kong baliw. Nagpasundo ako sa kanya dahil walang tao sa bahay maliban sa mga maid.

Namasyal sila ng wala ako. Iniwan ako!

"**Kwento mo nga ulit. Hindi kita maintindihan kanina, panay ang turo mo sa ice cream.**" Sabi ni Percy habang kinakain ang ice cream nya.

Nagbuntong hininga ako at inumpisahan ulit ang kwento ko tugkol sa naging usapan namin ni Keifer. Hindi ako pinatulog ng mga sinabi nya. Hindi ko nga rin alam kung panu ako naka-labas sa unit na yon at naka-uwi mag-isa.

Ubos na ni Percy ang ice cream nya ng matapos akong mag-kwento.

Takaw! Tsk!

"**Naniniwala ka ba sa sinabi nya?**" Tanung nya.

Umiling ako. "**H-hindi ko alam.**"

"**Bakit hindi mo alam?**"

Napabuga ako ng hangin. "**Syempre! Wala pa kayang isang buwan yung nalaman ko yung pang-ga-gago nila sakin. Malay ko kung nagsi-sinungaling na naman sya.**"

"**Pero may chance na naniniwala kang nagsasabi sya ng totoo.**"

Taka nya kong tinignan. "**Hindi no!**"

Bahagya syang ngumiti. "**Edi dapat ang sagot mo sakin '*hindi naniniwala*'.**" Natigilan ako. "**...pero ang sinagot mo sakin ay '*hindi mo alam*', dahil may part sayo ang umaasang totoo.**"

Kung tutuusin tama sya. Kung hindi nga ako naniniwala dapat ang sagot ko sa tanung nya ay '*hindi*'. Kasi nga siguro may bahagi ko nga

ang umaasa.

Umaasa na totoo ang sinasabi nya.

Akmang isusubo ko na ang ice cream sa kamay ko pero napahinto ako ng makitang wala na kong hawak sa kamay. Tinignan ko yung paanan ko at sahig baka kasi nalaglag.

Napatingin ako kay Percy at ang walanghiya may kinakain na ice cream kahit ubos na yung sa kanya, kanina pa!

"**Akin yan! Animal ka!**" Inis na sabi ko.

"**Matutunaw na kasi! Hindi mo pa ubusin. Ako nalang uubos.**" Sabi nya at parang nag-aasar pa.

Bwisit to! Sarap sampalin pabalik-balik.

"**Hindi mo na naisip na nilawayan ko na yan?**" Sarkastikong sabi ko at huminto sya sa pagkain.

"**Oo nga no!**" Gulat na sabi nya habang tinatakpan ang bibig.
"**...Shit! May rabis ka pa naman.**"

Muntik ko ng hubarin ang suot kong sapatos para ipukpok sa kanya. Buti nalang at mahirap magtali ng sintas. Tinawanan lang naman nya ko ng makita ang reaksyon ko tapos ay kinain ulit ang hawak.

Napabuntong hininga ako at tumingin sa kung saan. Kamalas-malasan nakakita ako ng mag-syotang sweet na sweet habang naglalakad malapit samin.

Bakit ba dito pa dumaan tong mga to?!

"**Sarap nyong silaban ng sabay.**" Bulong ko na mukang narinig nitong katabi ko.

"**Woohh! Bitter alert! Bitter alert! Bitter alert! Bitter alert!**" Parinig nitong katabi ko. "**...may nag-almusal ng ampalaya dito!**"

Talipandas!

Malakas na hampas sa batok nya ang binigay ko. Matapos ubusin ang ice cream na pinabili ko, eto sya at bubwisitin ako. Pinagtinginan tuloy kami ng mga tao.

"**Aray!**" Reklamo nya habang hinihimas ang batok.

"**Lakas mo maka-sira ng araw.**"

"**Bitter na bitter ka kasi... Wag ka nga mandamay ng ibang tao. If you don't believe in forever, ikaw nalang wag mo na pagsigawan at wag mo na ipamuka sa iba. Let them discover it by their own...**" Hinimas nya ulit ang batok. "**...Tsaka hindi mo naman sila ka-ano-ano at wala silang ginagawa sayo kaya wag mo silang idamay sa pagiging bitter mo.**"

Napataas ang isang kilay ko sa kanya. "**Anung pinaglalaban mo?**"

Halatang napikon sya sinabi ko. Maka-ilang ulit nyang ginulo ang buhok at tumingin sa ibang direksyon. Naiintindihan ko naman ang ibig nyang sabihin pero kung maka-explain kasi sya ay parang inis na inis sakin.

"**Bitter ka masyado kay Keifer.**" Bulong nya na halatang parinig.

Naging bitter pa ko ngayon?

Pinandilatan ko sya ng mata. "**Hindi ako Bitter! Naiinis ako sa kanya! Ang gulo-gulo ng utak nya! Ipagtatabuyan nya ko tapos kapag lalayo na ko hahatakin na naman nya ko pabalik! Anu akala nya sakin?! Aso'ng may tali sa leeg?!**"

Umayos sya ng upo at hinarap ako. "**Alam mo kasi si Keifer, kakaiba yan magmahal. Todo bigay, lahat isasakripisyo nya para sa mahal nya.**"

Taka ko syang tinignan. "**Todo bigay?**"

"**Oo... Baliw sa pag-ibig, siguro kasi kulang sya non sa pamilya nya kaya kapag nakakatagpo sya hindi na nya pinapakawalan.**"

"**A-anung gusto mong palabasin?**"

Huminga sya ng malalim. "**Ang sinasabi ko, pwede'ng may feelings nga talaga sya sayo. Kasi kung wala, matagal ka na nyang tinigilan.**"

Ang sarap pakinggan ng sinasabi ni Percy. Ang sarap maniwala na meron nga talaga pero nakakatakot din. Nakakatakot dahil sa salitang '*pwede*'.

"**...pero hindi ka nya nilubayan, kasi hindi nya kaya. Baliw na sayo yon! Baka may nangyari lang at kinailangan ka nyang palayuin.**" Dagdag nya.

Napabuntong hininga ako. "**Hindi ko alam kung anu yung nangyari na yon... Pero mas mabuti kung tuluyan na syang lumayo.**"

Tigilan na nya ko.

"**Ayaw mo na talaga?**" Tanung nya.

Tipid akong umiling. Ayaw ko na kasing umasa. Nakakagulo ng isip. Mas gusto ko pa nung sinabi nyang wala na talaga. Kesa ganito puro baka-sakali lang ang alam ko.

"**Edi sabihin mo sa kanya.**"

Napairap ako. "**Sinabi ko na nga diba?**"

"**Edi ipakita mo.**"

Napakunot ang noo ko. "**Anu bang pinagsasasabi mo? Ang gulo mo kausap!**"

"**Ipakita mong ng-m-move on ka na. Makipag-date ka sa iba. Ipakita mong masaya ka na wala sya.**"

Ngayon ko lang napag-tanto na may sense din pa lang kausap ang isang to. Hindi ko na sya ibabalik sa pinanggalingan nya. Wag lang sya mag-j-joke ng korni.

Bibigyan ko sya ng mais 🌽🌽🌽🌽🌽.

"**Sana nga kaya kong gawin yun.**" Halos pabulong kong sabi.

May ilang minuto pa kaming tumambay at nagkwentuhan hangang sa abutin na kami ng pananghalian. Nag-punta kami sa isang restaurant na halatang mamahalin.

"**Persing... Maliit lang dala kong pera.**" Bulong ko sa kanya habang tumitingin sa menu.

"**Sinong Persing?**" Medyo inis nyang tanung.

Umiling nalang ako bilang sagot. Hindi nga pala nya alam na ganun ang pinangalan ko sa kanya sa cellphone ko.

"**...Ako magbabayad nito. Wag ka mag-alala.**" Sabi nya sakin baho harapin ang waiter at sabihin ang order namin.

Umalis ang waiter hawak ang menu. Habang naghihintay tinignan ko yung paligid ng restaurant. Ang ganda kasi ng lugar at ng mga palamuti nila at may Chandelier.

Kakanta ako mamaya.... I wanna swing.... Chandelier chandelier!

Aksidente akong napatingin sa entrance ng restaurant. Nagdalawang tingin pa ko sa dalawang taong pumasok. Dito ko napatunayan na ang lakas talaga maka-pvta ng Hari ng mga Ulupong.

Kasama na naman nya yung Honey Bee Raider na yun! Semi-Formal ang ayos nila hindi kagaya ng suot namin ni Percy. Para lang kaming napadaan at masabi lang kumain sa mamahaling restaurant.

Muka kaming basahan.

Titig na titig ako sa kanila habang kinakausap nila ang isang waiter. Mukang nagpapahanap ng table. Dapat dun sila ilagay sa malayo-layo samin. O kaya sa labas sila dito kami sa loob.

Hinarap ko si Percy na panay ang pindot sa cellphone nya.

"**Pwede ba tayong lumipat ng restaurant?**" Tanung ko ng hindi ipinahahalata ang inis ko.

"**Naka-order na ko. Isa pa masarap ang steak dito.**"

Handa na sana akong sabihin sa kanya na andito rin ang dahilan ng sakit ng ulo ko pero hindi ko na nagawa dahil andito na sila sa harapan namin.

"**Keifer?**" Sabi ni Percy at tinignan ako sandali bago ulit sila harapin.

"**Percy…**" Ramdam ko ang paglipat ng tingin nya sakin. "**…Jay.**"

Shit!

Para akong nakuryente sa pagbanggit nya ng pangalan ko. Kainis! Bakit kailangang may ganun? Unti-unti akong humarap sa kanila habang nakangiti ng plastik. Yung plastik na plastik, yung babagay sa kanila.

"**Andyan pala kayo? Hindi ko napansin.**" Sabi ko.

"**Hindi napansin o hindi talaga pinansin.**" Sagot nung Honey habang tinataasan ako ng kilay.

Mukang sinisimulan na naman ako ng babaeng to.

"**Pareho…**" Nakangiting sagot ko pa.

Tumaas agad ang isang kilay nya pero sa halip na patulan ako kumapit lang sya sa braso nitong Pesteng Hari at hinimas-himas yun.

"**Maki…**" Maarteng sabi nya. "**…pakilala mo naman ako dito sa friend mong blue eyes.**"

Tinignan muna sya ni Keifer bago harapin si Percy.

"**Percy this is Honey Bee Raider. Pamangkin ng lawyer ko.**" Tinapik nya ang kamay ng Babaeng bubuyog na nakakapit sa kanya. "**…Honey, this is Percy Coll----Mariano.**"

Agad namang nakipag-shake hands si Honey kay Percy. Halatang wala lang sa stepbrother ko ang presensya nya.

"**So, magkaka-ano-ano kayo?**" Tanung ni Honey patukoy saming dalawa ni Percy.

"**Stepsister ko sya.**" Seryosong sabi ni Percy.

Nag-nod lang naman sya bilang pagtanggap sa sagot nitong kapatid kong baliw. Ang pinagtataka ko lang, panay ang ngiti nitong Babaita'ng to sa kasama ko.

Eto namang Hari ng mga Ulupong ayaw alisin ang tingin sakin. Ayokong makasama tong mga to dito.

"**Tapos na pagpapakilala... Alis na kayo.**" Nakangiting sabi ko kahit gusto ko na talaga silang ingudngod sa lamesa namin.

"**Rude.**" Maarteng sabi nung Honey.

Muka mo rude!

"**Jay...**" Tawag sakin ni Percy. "**...wag naman ganun.**"

Napataas ang isang kilay ko. Expected ko kasi kakampihan nya ko pero mukang mali talaga ang ginawa ko.

"**Tutal dito rin naman kami kakain, mind if we share a table?**" Tanung ni Honey kay Percy.

Kay Percy lang talaga sya nagpa-alam.

Nagtinginan kami ni Percy. Tinitigan ko sya ng masama para makuha nya na hindi ako payag.

"**That's a great idea.**" Sabi nitong Hari at nagtawag ng waiter.

Sinenyasan ko si Percy na pigilan yung isa pero huli na dahil naglagay na sila ng isa pang lamesa sa tabi ng table namin. Napilitan akong lumipat sa tabi ni Percy at naging katapat ko tuloy tong Dimunyung Hari.

Ibinigay nung dalawa yung order nila. Habang panay naman ang tinginan namin nitong kapatid ko. Ang lakas kasi maka-gago. Hindi pa kami sumasagot pero eto na at naka-ayos ang lamesa.

Nagsalin ng wine yung waiter sa apat na wine glass. Ibinigay yun saming lahat. Kinalabit ko si Percy.

"**Umorder kaba nito?**" Bulong ko.

Umiling sya. "**Sa kanila ata to. Dinamay lang tayo.**"

Hindi pa ko talaga nakaka-inom ng ganito. Meron sila Tita at nakikita ko si Kuya Angelo na umiinom pero hindi ko pa nasusubukan. Tinulak ko lang palayo yung baso at tumikhim.

Napatingin ako sa kaharap ko at agad na nagsalubong ang kilay ko. Titig na titig sakin ang walang hiya samantalang yung katabi nya panay ang ngiti kay Percy.

"**So, panu kayo naging mag-step-siblings?**" Tanung ni Honey kay Percy.

"**Paki mo.**" Mabilis kong sagot bago pa makapag-salita yung isa.

Matalim ang tingin nya sakin. Kulang nalang dumamba sya sa table at sabunutan ako.

"**I'm not talking to you, i'm talking to him.**" Mataray na sabi nya.

Kala mo ikaw lang marunong magtaray?!

"**I'm not talking to you too, i'm talking to...**" Pinag-isipan ko pa kung kanino ko ituturo pero kay Percy din ang ending. "**...him.**"

Pare-pareho silang nagtaas ng isang kilay. Humarap ako sa katabi ko at pinaka-titigan sya. Nukang nakuha naman nya yung ibig kong sabihin.

"**O-oo... Ako kausap nya.**" Kamot sa ulong sagot ni Percy.

Gusto kong tumawa ng malakas yung tipong nagsusumigaw ng '*pahiya ka ngayon*!'. Kayalang nakakahiya. Maraming makakarinig at baka isiping baliw ako.

Kahit totoo naman... Baliw!

Dumating ang order namin at nagsimula na silang kumain. Sila lang dahil hindi ko alam lung panu ang gagawin ko sa steak *daw* na to. Tapos parang hilaw pa.

"**Let me slice it for you.**" Sabi nitong impakto sa harap ko.

Akmang kukuhanin na nya ang plato ko ng ilayo ko sa kanya yun at iabot kay Percy.

"**Paki-hiwa... Salamat!**" Sabi ko.

Walang nagawa si Percy kundi gawin ang request ko. Kahit hindi ko tignan alam kong nainis tong Hari sa ginawa ko. Hindi ko yun ginawa para inisin sya. Ayoko lang magkaroon ng meaning sakin ang bawat action nya.

Binalik sakin ni Percy ang plato ko at sinimulan ko na ding kumain. Pero habang ngumunguya ako parang gusto kong ibuga yung kinakain ko. Ayaw kasing alisin nitong Hayop na to yung tingin nya sakin.

Malapit-lapit na kong mapikon.

"**Percy...**" Tawag ni Honey dito sa katabi ko. "**...may girlfriend ka na ba?**"

Yung straight to the point si Ateng. Halatang may pagtingin dito sa katabi ko. Gusto ko sanang sumingit sa usapan nila kayalang mahahalata na ko at baka pagmulan pa ng away.

"**W-wala...**" Alanganing sagot ni nya.

Ipinatong ni Percy ang isang kamay sa hita. Piniga nya yon at parang naiinis sa tinanong ni Honey.

Dahan-dahan syang tumayo. "**Comfort room lang ako.**"

Hindi na ko nakapag-salita. Pinanood ko lang syang umalis hangang sa mawala sya sa paningin ko. Tatayo na rin sana ako para pumunta sa cr pero biglang nagsalita ang Hari.

"**Honey...**" Tumingin si Honey sa kanya. "**...make him busy.**"

Ngumiti ng malawak si Honey at binaba ang table napkin sa lamesa. "**My pleasure.**" Tumayo sya at sinundan ang dinaanan ni Percy.

Napatanga nalang ako. Hindi ko kasi maintindihan yung sinabi nitong Gago na to. Marunong akong umintindi ng English pero naguluhan ako. At kung bakit ganun nalang kalawak ang ngiti ni Honey, ang nagpadagdag sa gulo.

Itutuloy ko na sana ang balak kong pagpunta ng cr pero hindi ako makagalaw. Para akong nanigas sa kinatatayuan ko dahil sa paraan ng pagtingin nya sakin.

"**We need to talk.**" Maotoridad nyang sabi.

Mataray akong tumingin sa kanya. "**You're already talking.**"

Huminga sya ng malalim. Halatang nagpipigil ng galit. Ngayon alam ko na kung bakit inutusan nya si Honey.

"**Listen to me...**" Panimula nya. "**...I don't know where to start----.**"

"**Sa starting line.**" Mabilis kong putol sa sasabihin nya.

Nagsimula ng mangunot ang noo nya tapos ay nagdugtong na ang kilay nya. Hinatak din nya ang kwelyo para luwagan ito.

"**Okay...**" Nagbuntong hininga sya. "**...Dun ako sa simula.**"

Napangiti ako. "**Sa katapusan nalang para masaya.**"

Finish line na...

Unti-unti na kong pinapatay ng titig nya sakin. Ang totoo, ayoko talagang pakinggan ang paliwanag nya sakin. Natatakot kasi ako. Natatakot akong baka masaktan na naman ako.

"**Jay... I'm trying to be nice here.**" Sabi nya na puno ng diin.

Kinuha nya yung wine glass sa harap nya. Uminom sya sandali at tinignan ako.

"Please Jay. Gusto kong ipaliwanag sayo ang lahat. Kaya sana umayos ka at pakinggan mo ko." Dagdag nya pa.

Unti-unti'ng nawala sa isip ko ang pang-aasar sa kanya. Naging seryoso kaming dalawa at parang kami lang sa lugar na to ang tao. Tinitigan ko sya sa mga mata.

"Tama na Keifer." Mahinahon kong sabi. **"...wag ka na magpaliwanag."**

"I have to. I want you to know everything."

"Ayoko na kasi..." Napayuko ako. **"...Ayoko ng makinig sayo."**

Parang may kung anung bumara sa lalamunan ko. Pinilit kong harapin sya. Para syang nasaktan sa sinabi ko ng makita ko sya. Bahagya pang naka-awang ang bibig nya.

"Tama na... Please. Napapagod na kasi ako." Paki-usap ko at nagsimula ang panlalabo ng paningin ko. **"...Napapagod na kong mahalin ka kahit wala naman akong ginagawa..."** Tuluyan ng bumagsak ang luha ko. **"...Pinipilit kong lumayo sayo pero hinahatak mo ko pabalik."**

"Why? Why are you running away from me?" Malumanay ang boses nya.

At nagtanong ka pa talaga...

"Dahil yun ang dapat. Wala namang dahilan para mag-stay ako diba?" Pinilit kong ngumiti. **"...mahal kita pero hindi mo ko mahal. Tama ng minsan akong nagpaka-tanga sa panloloko nyo ayoko ng ulitin pa."**

Nanatili syang nakatingin sakin. Hindi sya nagsasalita kaya pinagpatuloy ko ang pagsasalita.

"Kung ako papipiliin, gusto ko ng umalis sa Section nyo. Kasi pinahihirapan ako ng presensya mo. Kapag andyan ka, parang dinudurog ang puso ko." Pinilit kong pigilin ang pagluha ko. **"...Torture sakin ang pagpasok, k-kasi naalala ko lahat ng ginawa natin. Yung masasayang ala-ala nating lahat----t-tapos**

biglang kasinungalingan lang pala."

Ilang beses akong huminga ng malalim. "**Masakit...**" Tinuro ko ang dibdib ko. "**...sobra.**" kinagat ko ang labi ko para pigilin ang malakas na pag-iyak.

Wala akong tunay na kaibigan. Kapag nay nakikipag-kaibigan sakin tinatanggap ko agad. Kapag pinakilala ko kay Lola, alam na kagad nya ang pakay sakin ng tao. Madalas tama sya.

Sa Section E ko lang naranasan yung kaibigan, barkada o tropa. Akala ko pang-matagalan na pero tinakam lang pala ako. Binawi din sakin yun at parang sinabi na hindi ako magkakaroon non.

"**Kaya please lang Keifer.**" Tinignan ko sya. "**...Tama na.**"

Matagal nya kong tinitigan. Hindi sya kumikilos nung una. Bigla nalang nyang binaba ang table napkin sa lamesa at bahagyang lumapit sakin.

Ngumiti sya, yung ngiting parang walang nangyari.

"**You...**" Panimula nya. "**...You're making me crazy.**"

Pinunasan ko ang mga luha ko at tinignan sya ng puno ng pagtataka.

"**I'm Mark Keifer Watson. I'm smarter than you think. I'm stronger than you know...**" He smirk. "**...And I'm the King of Ulupongs.**"

Mabilis ang naging pagkilos nya. Mula sa katapat kong upuan at katabi ko na sya. Nakatingala ako sa kanya habang sya naka-yuko hawak ang batok ko at pinagtatagpo ang mga labi namin.

Muka akong tanga na tinutulak sya pero hinahabol naman ng labi ko ang labi nya.

Yung totoo?!

Pinagdikit nya ang mga noo namin habang pareho kaming nakapikit. Hawak pa rin nya ang batok ko. Habol ang hininga

namin dahil sa halik na yon.

Hindi ko naman itatanggi. Na-miss ko din naman ang mga labi nya. Dagdag pa yun sa sakit na nararamdaman ko.

"**Ikaw lang Jay... Ikaw lang ang babaeng nagpahirap sakin ng ganito.**" Bulong nya.

Lumayo sya sakin at umupo sa katabi kong bangko. Hinawakan nya ang kamay ko at hindi na binitawan yun.

"**I-ikaw ang nagpapahirap sakin.**" Medyo inis na sabi ko sa kanya.

Hinalikan nya ang likod ng palad ko at idinikit yun sa pisngi nya. Nakangiti sya sakin habang magaan ang tingin nya na para bang pagod na pagod sya.

"**I'm scared.**" Sabi nya at ngumiti. "**...I'm scared of many things...**" Pumikit sya.

Anung kinakatakutan mo?

Napatingin ako sa kanya ng maramdaman kong basa ang likod ng palad kong nakadikit sa pisngi nya. Umiiyak sya.

"**Yuri is right. I lied to him, I lied to you and I lied to myself.**" Umurong ang dila ko at walang kahit anung salita ang lumalabas sa bibig ko. "**...I have feelings for you that you can never imagine.**"

Shit! Shit! Shit! Shit! Shit! Shit! ---sabi ng heartbeat ko.

Totoo ba to? Baka epekto lang ng steak sa ulo ko. Baka hallucination lang to. Yung tipong kabag lang at kailangan ko lang iutot. Gutom lang at kailangan ko lang ikain. Antok lang at kailangan ko lang itulog.

"**K-keifer...**" Ang tanging lumabas sa bibig ko.

Hinawakan ng isang kamay nya ang pisngi ko. "**Natatakot akong hawakan ka kahit gusto'ng-gusto ko. Ayoko'ng saktan ka kagaya ng nagawa ko kay Freya. Pero kapag kinakain ako ng selos hindi ko mapigilan ang sarili ko.**"

Naalala ko yung ginawa nya nung hinalikan ko si Yuri. Hinatak nya ko papunta sa likod ng room at hinawakan sa panga. Masakit yun at aaminin kong natakot ako sa kanya.

"**...Hindi na ko papayag na maulit yun.**"

Ngumiti sya at pumikit ulit. "**...Malapit na ang birthday ko at ikaw ang gusto kong regalo.**"

Birthday? February 29 nga pala ang birthday nya.

Napayuko ako. Hindi ko kayang ibigay ang regalong hinihiling nya.

Binitiwan nya ang kamay kong nakadikit sa pisngi nya at inalis naman nya ang kamay nya sa muka ko. Pinunasan nya ang muka nya at tumayo. Bumalik sya sa upuan na parang walang nangyari.

"**You want me to stop? Then I will.**" Walang emosyon nyang sabi. "**...but that's only for a while.**"

Naguguluhan na naman ako. Marunong nga akong umintindi ng english pero magulo talaga ang gagong to.

"**Anu bang...**" Napabuntong hininga ako. "**...Titigil nga pero pansamantala lang? B-bakit? Anu bang iniisip mo?**"

"**I'm giving you space.**"

Spaceship ang kailangan ko palayo sayo!

Napapailing nalang ako. Hindi ako makapaniwala. Baliw na talaga sya.

"**...But when I return. You're officially mine wether you like it or not.**"

Whut thu fvck?!

Handa na sana akong bweltahan sya pero bigla nalang may dumamba sa katabi kong upuan. Pagtingin ko nanlaki ang mata ko sa itsura ni Percy.

Magulo ang buhok, gusot ang damit at bukas pa ang zipper ng pants nya. Hingal na hingal din sya na parang may tinatakbuhan.

"**Alis na tayo!**" Sabi nya at pilit akong hinahatak. "**...Dali!**"

Napatayo ako at pinagmasdan syang mabuti. Naglabas sya ng pera sa wallet at nilapag yun sa lamesa bago ako muling hatakin. Tuloy-tuloy kami hangang sa parking kung nasan ang kotse nya.

"**Anu bang nangyayari sayo?!**" Tanug ko pagpasok sa kotse nya.

Taranta pa nyang pina-andar yun at nagmamadaling minaneho.

"**Huy! Anu ba?! Napapano kaba?! Bukas pa yang zipper mo!**"

Bigla nalang nyang inihinto sa isang sulok. Muntik pa kong masubsob. Sinara nya ang zipper ng pants nya at nanginginig pang humawak ulit sa manibela.

"**Percy! Anu ba?!**" Inis na tanung ko.

Bigla nalang syang umiyak. Wala namang luha pero lukot-lukot ang muka nya. Gusto kong matawa pero baka magalit sya.

"**Jay...**" Sabi nya at kuwaring humihikbi. "**...Minanyak ako... Nung Honey!**" At nagsimula na syang ngumawa na parang bata.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ++

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 217

A/N: So ayun... 🌽🌽🌽🌽🌽🌽🌽..

Hahahahahaha 😂😂😂😂😂.
May nakita kasi akong isang basket ng Mais dun sa office sa Munisipyo. Natawa lang ako bigla. Mabuhok kasi..... 😂😂😂😂😂😂😂😂

Engage no more

Jay-jay's POV

May sakit si Percy. Nilalagnat daw sabi ng Mama ni Felix ng tumawag to sakin kanina lang.

Pakiramdam ko nagkasakit yun dahil hindi nakatulog kagabi. Panay ang tawag nya sakin at halatang balisa. May pagkakataon din na iiyak sya at pauli-ulit na sinasabing '*ang puri ko*'.

Ni hindi ko nga alam kung meron sya non.

Tinawagan ko sya sa cellphone nya para malaman ang kalagayan nya. Tatlong beses pang nag-ring yun bago nya sagutin.

["*Jay...*"] Sabi nya ng namamaos ang boses.

"***Seryoso? Anong nangyari sa inyo ni Honey?***" Tanung ko at narinig ko na naman ang paghikbi nya.

Tuwing tatanungin ko sya ganyan lagi ang nangyayari sa kanya. Iiyak tapos kung anu-anu sasabihin hangang sa mamatay ang tawag.

["*Ang puri ko! Jay!*"] Dinig ko ang paghikbi nya. **["*Binaboy nya ko!*"]**

Ang hirap alamin kung seryoso siya o hindi.

Napabuntong hininga ako. "**Seriously? Kung hindi mo sasabihin,**

pupuntahan ko si Honey."

["*WAG!!*"] Malakas na sigaw nya kaya nailayo ko pa ang cellphone ko sa tenga. **["*Wag mong gagawin yan! Impakta ang babaeng yun…*"]** Pahina ng pahina ang boses nya.

Para syang sinasapian. Idagdag pang namamaos ang boses nya. Malapit-lapit na silang maging tropa ni Golum.

Baka may sapi talaga!

"Ano ngang ginawa sayo?"

Malalim na buntong hininga ang pinakawalan nya. **["*Ayun… Ginalingan. Nilabasan. Nag-uwian*"]**

Kumunot ang noo ko. Wala talaga akong naintindihan sa sinabi nya. Kung kaharap ko lang sya baka nasampal ko na sya.

"Ang gulo mo! Wala akong naintindihan sa sinabi mo!" Inis na sabi ko.

["*Iihhh! Siya nga… Inano niya ko!*"] Sabi nya habang nakakarinig ako ng maingay sa side nya.

Mukang nagpapagulong-gulong ang luko sa higaan. Gumuhit ang pandidiri sa itsura ko.

"Eeww… Nag-*ano* kayo?!"

["*Hindi ah! Pero pinaligaya----este minanyak nya ko!*"]

Ayoko ng magtanung. Bahala na ang imagination ko maglaro sa mga sinabi nya. Mas mabuting wag ko nalang siyang kulitin.

"Sige na… Magpahinga ka na. Baka lalu kang magkasakit."

Hindi ko na inantay ang sunod nyang sasabihin. Pinatay ko na agad ang tawag. Masisiraan ako ng bait sa lalaking to. Ang lakas ng kasi ng tama nya. Hindi ko alam kung alin ang totoo sa sinasabi niya. Alam ko naman kung kailan siya seryoso pero ngayon parang hindi.

Hindi ko tuloy alam ang paniniwalaan.

Kaya pala natagalan sila sa CR. Kaya pala ganun nalang ang ngiti ni Honey sa kanya. Kaya pala.... Kaya pala.....

Mas mabuting magpahinga nalang siya. Ibaba ko na sana ang cellphone ko sa mesa ng tumunog yon at pumasok ang isang textmessage.

Napangiwi ako ng makita ang pangalan ng nagtext sakin.

From: *GagongBaliw*
Message: *My life... I miss you.*

Yung hindi ko na nga sya nirereplyan pero ang kulit pa rin nya. Consistent sa pagiging GagongBaliw ang isang to. Isama pa yung pakiramdam na parang kilala ko sya.

Sa halip na replayan, binaba ko nalang ang cellphone ko sa lamesa. Nahiga ako sa kama at sa matagal na pagtitig sa kisame kusa nalang ako nakatulog.

Nagising ako dahil sa tunog ng cellphone ko. Parang may tumatawag. Bumangon ako at kinuha yon sa lamesa pero saktong paghawak ko natapos ang tawag.

Si Yuri ang tumawag.

Nagkibit balikat nalang ako at tumingin sa orasan. 6pm na pala, ang haba ng tulog ko. Nakaramdam ako ng gutom. Binaba ko ulit ang cellphone ko sa lamesa at lumakad ako palapit sa pinto ng kwarto ko.

Saktong pagbukas ko ang pagbungad sakin ng kamay ni Yuri. Mukang kakatok pa lang sya.

"**Anung ginagawa mo dito?**" Medyo iritableng tanung ko.

"**A-anu... K-kasi...**" Himas batok na sabi habang umiiwas ng tingin.

Semi-formal ang ayos ng luko. Para bang may lakad o ano. Napataas ang isang kilay ko habang hinihintay ang isasagot nya.

"Hangang anung oras ako maghihintay ng sagot mo?"

Napabuntong hininga sya. **"Remember? Dinner with the Head Master."**

Sinong Head Master?

Dahan-dahan akong umiling. Wala akong maalala. Anu ba yung Head Master? Bakit may ganun?

"I'm doom." Bulong nya habang naka-yuko.

Pakiramdam ko mabigat ang pino-problema nito. Papa-alisin ko na sana sya pero parang bell sa pandinig ko yung salitang *dinner.*

Pagkain.... Libre....

"Please... Hindi ako makakabalik sa bahay ng hindi ka kasama." Paki-usap nya.

Naningkit ang mata ko sa kanya.

Ayan! Japanese na rin ako.

"Tapos? Anung gagawin?"

"Ipapakilala kita sa Head Master then Dinner."

Dinner.....Dinner.....Dinner.....Pagkain!

"Panu kung ayoko sumama?"

Bagsak ang balikat nya habang nagpipilit ng ngiti. **"I understand."**

Hahakbang na sana sya para umalis pero pinigilan ko sya agad.

"Teka lang!" Taka nya kong tinignan. **"...My sushi?"**

Kahit nagtataka sa sinabi ko, unti-unti syang nag-nod.

"Hintayin mo ko. Bihis lang ako." Sabi ko at mabilis na sinara ang pinto.

Dumiretso ako sa cabinet ko at namili ng damit. Humanap ako ng pwedeng ibagay sa suot ni Yuri. Masabi man lang belong ako sa pupuntahan ko.

Semi-formal Dress.....

Muka akong ewan habang sinusuklay ang sabog kong buhok. Nagka-buhol-buhol kasi sa ipit ko kanina. Ayun, nagmukang buhok ng mangkukulam. Kung anu-anu na napahid ko, pati yata deodorant naipahid ko sa buhok ko.

Nang matapos sa lahat ng kalandian sa katawan, lumabas na ko. Nakayuko pa ang Yuri habang naka-sandal sa pader.

"**Tara na! Hinihintay na ko ng sushi.**" Sabi ko at nagpa-una pa sa kanyang maglakad.

Kabot batok naman syang sumunod sakin. Si Tita Gema ang sumalubong sakin sa Sala. Nakangiti pa sya habang may kausap sa phone.

"**Aalis na kayo?**" Tanung nya samin.

"**Opo...**" Si Yuri ang sumagot. "**...ihahatid ko po sya mayang 10pm.**"

"**Sige. Ingat kayo.**"

"**Sige po Tita.**" Sabi ko bago lumabas.

Walang kumikibo samin simula ng umandar ang kotse. Nakatutok sya sa pagmamaneho ako naman ay sa labas lang naka-tingin.

Pagkain! Pagkain! Pagkain! Pagkain!

Malapit na kami sa building nila ng bigla syang huminto. Akala ko dahil sa traffic light pero wala naman. Tinignan ko sya na bahagyang nakayuko habang mahigpit ang hawak sa manibela.

"**Jay-jay...**" Pabulong nyang tawag sakin. "**...Please do me a favor.**"

Bahagyang kumunot ang noo ko habang nakatingin sa kanya. Hinintay ko ang sasabihin nya. May ilang beses syang lumunok bago itaas ang ulo at harapin ako.

"**What ever happens don't tell them our exact status.**" Sabi nya habang nakiki-usap ang mga mata sakin. "**...kapag nalaman ng Head Master ang totoo, baka kung anu magawa nya sayo. Kaya please....wag na wag ka magsasalita tungkol sa kalagayan natin.**"

Kahit hindi ko maintindihan ang ibig nyang sabihin. Nag-nod nalang ako.

Para sa sushi!

Pina-andar nya ulit ang kotse at dumiretso kami sa basement parking ng building nila. Bubuksan ko na sana ang pinto pero pinigilan nya ko.

"**Wag ka muna bababa.**" Sabi nya bago sya magmadaling bumaba at lumapit sa pinto sa tabi ko.

Binuksan nya yun at tinulungan akong bumaba. Gusto ko syang batukan ng malakas dahil hindi ko maintindihan ang ginawa nya. Nag-f-feeling gentleman ang ugok.

Hawak hawak din nya ang kamay ko habang palapit kami sa elevator. Nawi-wirduhan na talaga ako sa ginagawa nya. Hindi pa kami okay, at kaya lang ako sumama sa kanya dahil sa libreng pagkain at sushi.

Food is life!

Pagpasok sa loob ng elevator hawak pa rin nya ang kamay ko. Tinignan ko sya ng masama.

"**I-i have to do this. Sorry.**" Sabi nya at umiwas ng tingin.

Yung pagkain nalang ang iisipin ko. Pasalamat sya gutom ako kung hindi, hindi talaga ako sasama sa kanya. Pagkain all the way!

Pagbukas ng pinto ng elevator, walang sumalubong samin. Wala

yung mga babaeng naka-kimono at bumabati samin ng punyetang lenggwahe.

Hinubad ni Yuri yung sapatos nya at ganun na din ang ginawa ko. Hawak na naman nya ang kamay ko habang naglalakad kami.

Nakakarami na to! Sasampalin ko na to!

Huminto kami sa harap ng isang pinto na gawa sa kahoy at papel---- yung ini-slide kagaya sa makalumang bahay sa Japan. Dinig na dinig ko ang malakas na tawanan ng kung sino sa loob. Umupo si Yuri at yuyuko sana pero bigla syang tumingin sakin.

"**Kailangan mo ding gawin to.**" Bulong nya.

"**Ayoko.**" Walang buhay kong sagot.

Hinawakan nya ang kamay ko at pilit akong hinahatak para mapa-upo. Lumaban ako sa kanya ng hatakan.

"**Jay... Anu ba?!**" Inis na sabi ko.

"**Masakit sa binti yan. Ayoko!**" Sabi ko habang hinahatak ang kamay ko.

"**Wag kana makulit!**"

Kainis! Sushi lang ang pinunta ko dito.

Hinatak na naman nya ko at sobrang inis ko, sinipa ko sya sa muka pero kasabay non ang bigla pagbukas ng pinto.

Shit!

Natigilan ako habang nakatingin sa mga tao sa loob. Tumigil ang tawanan nila kasabay ng pagtingin sakin at kay Yuri.

Nilapat ako ang tingin ko kay Yuri na kasalukuyang nakahiga sa sahig at nakatingin din sa kanila. Napilitan akong umupo sa sahig kagaya ng pinapagawa nya. Bumangon tong katabi ko at bumalik sa pwesto.

Naka-yuko lang kami pareho.

Mukang magiging bato pa yung sushi.

"**Konbanwa. Chikoku shite sumimasen.**"(Good evening. Sorry for being late) sabi ni Yuri.

Wala akong naintindihan. Pwede na ba kong kumain? Kanina pa ko talaga nagugutom.

"**Anata no fianse?**" (Is that your fiance?) Tanung nung lalaki sa gitna na naka-upo sa dulo ng mahabang table.

Hindi ko sya kilala. Alam kong hindi sya yung Lolo ni Yuri. Nakakatakot kasi syang tignan kesa don sa tinatawag ni Yuri na *Tanda.*

"**Hai, heddomasutā.**" (Yes, Head Master.) Sagot nitong katabi ko.

Anu bang pinag-uusapan nila?

Bigla nalang tumawa ng malakas yung matandang kausap ni Yuri. Humahawak-hawak pa sya sa tyan nya na akala mo sobrang nakakatawa yung pinag-uusapan nila.

Baka pinag-tatawanan nila ako?!

"**Tsuyoi on'na! Kare wa anata o utsu koto ga dekimasu.**" (Strong woman! He can beat you down!)

Malapit-lapit na kong mainis sa matandang to. Hindi ko alam kung anu yung pinag-sasasabi nya. Ang lakas mang-asar. Feel ko tuloy syang sapakin.

"**Come here, eat with us.**" Aya samin nung Papa ni Yuri.

Tinignan ko si Yuri ng dahan-dahan syang tumayo. Ganun na din ang ginawa ko pero inalalayan nya ko agad. Nakayuko kaming pumasok sa loob. Tinuro ni Yuri ang pu-pwestuhan ko.

"**Long time no see. How are you?**" Tanung ng Mama ni Yuri.

"**I-im good. I hope you are too.**" Sagot ko.

I'm hungry! Can i eat?

Tumawa yung Mama ni Yuri. "**Yes, I am.**"

Pinipilit kong ngumiti pero alam kong ngiwi ang nagagawa ko. Kainis naman kasi! Pahamak tong Sushi na to.

Biglang nagsalita yung matanda sa gitna. Hindi ko naintindihan yung sinabi nya kaya naka-tanga lang ako sa kanya.

"**Tinatanung nya ang buo mong pangalan.**" Bulong sakin ni Yuri.

"**J-jasper Jean Mariano po.**" Alanganing sagot ko.

Nagsalita si Yuri at mukang trinanslate nya yung sinabi ko. Ngumiti yung matanda at nag-nod.

Nag-simula na rin akong kumain ng abutan ako ni Yuri ng mangkok na puno ng kanin. Pa-unti-unti lang ang kain ko dahil sa bwisit na chopstick na to.

Asan na yung sushi?

Panay pa rin ang daldal nung matanda sa gitna habang kumakain kami. May pagkakataong magtatawanan sila kaya na-out of place ako. Malay ko ba sa pinag-uusapan nila.

Maya-maya nakatingin na naman sakin yung matanda at may sinabi na naman. Hinintay kong ibulong sakin ni Yuri ang sinabi nung matanda pero nakatanga lang sya habang namumula.

"**Huy... Anu sabi?**" Tanung ko sa kanya.

"**A-anu... K-kung pwede daw na... Magka-b-baby na tayo pagkatapos ng kasal.**" Sabi nya habang pilit umiiwas ng tingin sakin.

Tumingin ako dun sa matanda na todo ngiti sakin. Ang Mama at Papa naman ni Yuri panay ang tawa. Binalikan ko ng tingin si Yuri pero kinu-nutan ko sya ng noo.

"**Dipende...**" Sabi ko at tinignan nya ko. "**...dipende kung a-attend ako sa kasal natin.**" Sarcastic na sabi ko.

Napangiwi si Yuri bago nagpilit ng tawa.

"**Kanojo wa itta, kanojo wa sore ni tsuite kangaerudarou.**" (She said, she'll think about it.)

Malakas na tawa na naman ang sinagot nung matanda samin. Hangang sa matapos ang hapunan, daldal pa rin sya ng daldal.

Wala namang sushi! Sinungaling tong Yuri na to!

Nakasibangot akong naglakad kasunod ni Yuri. Meron silang pinag-uusapan nung matanda. Humarap sya sakin at ngumiti.

"**Gusto ka daw nyang maka-usap. Please lang... Ayusin mo sana sagot mo sa kanya.**"

Nagsalubong ang kilay ko. "**Panu ko gagawin yun? Hindi ko nga maintindihan ang sinasabi nya.**"

Kamot batok si Yuri na humarap sa matanda. Meron ulit syang sinabi bago maglakad palayo samin yung kausap nya. Hinawakan na naman nya ang kamay ko at naglakad.

"**May mga itatanung lang sya sayo. Wala ako don kaya iba ang tutulong sayong kausapin sya.**" Sabi nya.

Huminto kami sa harap na naman ng kaparehong pinto kanina. Sabagay, pareho-pareho naman ang nga pinto dito. Bumukas yun at naka-upo na sa likod ng malaking lamesa yung matanda kanina.

Sino ba kasi talaga to?

Sinenyasan nya kami at umalis bigla si Yuri. Pumasok ako sa loob at doon ko lang napansin na may kasama kaming babae. Sya ang nagsara ng pinto bago maupo sa tabi nung matanda. Naupo na rin ako dun sa parang unan na nalalagay sa sahig.

"**Ms. Mariano?**" Tawag sakin nung babae. "**...Ako po so Alliah Mata. Ako po ang translator nyo.**"

Ngumiti ako sa kanya at nag-nod. Nakatitig pa rin sakin yung matanda na para bang sinusuri ako. Tumingin sya dun sa Alliah bago magsalita.

Wala na naman akong naintindihan kaya napilitan akong hintayin ang sasabihin nung translator.

"Tinatanung ng Head Master kung kilala mo daw sya." Sabi nung Alliah.

Napakurap ako. Head Master? Sya na yon? Expected ko yung lalaking kalbo ang tuktok at may dalang samurai. Eto kasi matandang nakakatakot lang.

"M-medyo hindi." Alanganing sagot ko.

Nagsalita ng Japanese si Alliah at bahagyang natawa naman yung Head Master. Mahaba-haba ang naging sagot sakin nung matanda.

Para akong nanood ng anime na straight from Japan.

"Gusto kong malaman mo na ako ang Head Master ng Hanamitchi Clan. Sakin nakasalalay ang balanse ng buong pamilya. Sinisiguro ko ang pagiging pantay ng buong lahi sa lahat ng bagay..." Muling nagsalita yung matanda at napatuloy din si Alliah. **"...Si Yuri na iyong mapapangasawa ay aking Apo sa bunso kong kapatid."**

Yung napatanga nalang ako. Tagalog naman yung sinabi ni Alliah pero pakiramdam ko ibang lengwahe din. Ang gulo! Saksakan ng gulo!

Sumakit yata ang ulo ko. Wala bang sushi dito?

"Okay... K-kilala ko na."

Translate na naman ni Alliah yung sinabi ko. Muling may sinabi yung matanda kay Alliah at kahit hindi pa sya tapos magsalita, trinanslate na nya yun sakin.

"Hindi kita gusto sa totoo lang. Malayo ka sa babaeng nais namin para kay Yuri. Hindi ka Hapon, hindi ka ma-

impluwensya, isa kang bastarda at puro gulo ang dala mo..."

Nagsara ang kamao ko sa sinabi nya. Gusto kong gumanti ng mura pero dahio matanda sya nanatili akong tahimik. Hindi ko lang alam kung panu nya nalaman ang mga bagay na yon.

Nagpatuloy si Alliah. "**...kulang ka rin sa manners. Kung ako ang masusunod hindi ako papayag na mapangasawa ka ng Apo ko...**" Huminga ng malalim yung matanda at nagpatuloy sa pagsasalita ganun din si Alliah. "**...Sadyang matalino lang talaga si Yuri at maaga nyang natutunan ang kakayahan nya bilang taga-pag-mana. Ginamit nya yon para makuha ang mga gusto nya.**"

Hindi ko alam kung may karapatan na ba kong sumagot. Puro panlalait ang ginawa sakin ng matandang to. Gusto'ng-gusto ko ng magpakawala n malutong na mura pero nahihiya parin naman ako. Nasa bahay nila ko at sya narin ang nagsabi na wala akong *manners*. Ayoko namang patunayan nya na wala nga ako non.

Muling nagsalita yung matanda at si Alliah to the rescue naman sa pagtranslate.

"**Gusto kong magtino ka. Ayusin mo ang sarili mo dahil kapag dinala ka na namin sa Japan, walang tatanggap sayo sa pamilya.**"

Kingina! Wala na ngang sushi, may lait pang kasama.

"**Okay lang yun... Hindi ko rin naman tanggap ang sarili ko na maging parte ng pamilya nyo.**" Tuloy tuloy na sabi ko.

Halatang nabigla si Alliah at nag-aalangang itranslate ang sinabi ko. Pero sinenyasan ko sya na ituloy nya.

Ayoko sanang maging bastos pero anung magagawa ko. Natatapakan ang pride ko sa pinagsasasabi ng matandang to. Sarap sampalin back to back.

Sinabi ni Alliah sa matanda ang mga sinabi ko. Bigla nalang nagsalubong ang kilay nya at sumigaw ng mga salitang hindi ko maintindihan.

Nanginginig pa si Alliah na tumingin sakin.

"**Wala kang galang... Hindi mo na ko nirespeto. Saang iskwater ka ba napulot ni Yuri. Wala kang pinag-aralan.**" Malumanay na sabi nya sakin.

Wow... Feeling nyo naman meron kayo non.

Ayoko ng dagdagan ang galit nya at baka atakihin na sya sa puso. Tumayo ako at diretsong tinignan yung matanda sa mata.

"**Kung puro insulto lang ang sasabihin nyo sakin, aalis na ko...**" Nag-bow ako. "**...salamat sa hapunan.**"

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nya. Mabilis akong lumabas at naglakad papunta sa elevator. Nakita ko pa si Yuri pero nagtuloy-tuloy lang ako.

Habang hinihintay bumukas ang elevator, pilit kong sinusuot ang sapatos ko. Naiinis ako! Hindi ko tuloy masuot ng maayos.

Tatapon ko to!

"**Jay-jay!**" Tawag sakin ni Yuri. "**...Anung nangyari? Anung sinabi mo sa Head Master?**"

Tinignan ko lang sya ng masama. Sakto namang bukas ng pinto ng elevator. Pagpasok ko, sumunod din pala sya. Pinang-gigilan ko yung button sa inis.

"**Jay-jay anu ba?! Anung sinabi mo sa kanya?!**"

Huminga ako ng malalim. Kanina ko pa talaga feel manapak at kung hindi titigil to, sya ang sasapakin ko.

"**Itigil mo na to.**" Mahinahon kong sabi.

"**Jay...**"

"**Itigil mo na tong kasal na to.**"

Huminto sya at tinignan lang ako. Hindi ko alam kung nabigla sya o

ano. Bumukas yung pinto ng elevator at mabilis akong lumabas pero agad nya kong hinawakan sa braso.

Kusang gumalaw ang kamao ko para tumama sa muka nya. Bagsak sya sahig habang hawak ang pisngi. Gusto ko pang sundan. Isang sapak pa sana pero pagod na ang katawan ko tapos wala pang sushi.

Badtrip! Badtrip!

Dahan-dahan syang tumayo. "**Jay... B-bakit?**"

"**Bakit?! Pvta! Tanung ba yan?!**" Galit na sigaw ko. "**...Itigil mo na! Ikaw lang naman ang may gusto nito! Ayaw ng pamilya mo, ayaw ko at napipilitan sila Tita Gema!**"

Napayuko sya kasabay ng pagsara ng kamao. Alam nya yon, hindi ko na kailangang sabihin sa kanya.

"**Y-yun ba talaga ang gusto mo?**" Mahinahon nyang tanung.

Huminga ako ng malalim. Kailangan kong huminahon. Baka masundan ang suntok ko sa kanya.

"**Oo.**"

"**Sige.**" Mabilis nyang sagot. "**...Itigil ko na.**"

Gusto kong sumigaw sa tuwa. Kusang nawala yung inis ko mula kanina. Kahit walang sushi.

"**...pero sa isang kondisyon...**"

Natigilan ako. Naudlot ang kasiyahan na nararamdaman ko.

"**...Let's start all over again.**"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Cover III

Eto pa... Sabi sa inyo marami eh. Hahahaha...

Kung meron po kayong mga gawang cover pwedeng pwede nyo pong iPost sa group just don't forget to put your wattyname para mamention kayo.

Yung iba may wattyname kayalang ayaw ma-tag. Hindi ko alam kung nagpalit na sila o ano.

Salamat po dito Sandrea Fernandez



Maraming-maraming salamat kay muuted .Eto ang unang

naging cover ng DarkSide.



Maraming salamat din kay AnnaTumolvaII

ANG
Mutya Ng
eatmore2behappy
Section E
The Dark Side

Thank you po kay SissyDoggie



Thank you din sa OP ni Michael Angelo

Salamat din sa cover na to @larein_miguel

MUTYA NG SECTION E
THE DARK SIDE
EATMORE2BEHAPPY



Salamat @mayetandeng



Thank you dito Laibegail



Salamat din kay Sofia Lim

Thank you din yemenems

ang mutya ng
section
E
catmorizbehappy

jay-jay keifer

ang mutya ng section ∈

eatmore2behappy

ang mut ya
ng
section E
eat more2behappy

ang
mutya
section
E
eatmore2behappy

Salamat po dito Elaizia Sanford



Thank you po dito cutiekittyjoy

ANG MUTYA NG SECTION E

THE DARK SIDE



Salamat dito Aira Tecson

Thank you po dito @MoonAspera

To be continue....

Chapter 218

A/N: Feeling ko kay Spongebob nagmana si Persing at si Ci-N. Nanood kasi ako habang nagtype.

Happy 3k Members sa aming group. Ganyan talaga kami, we enjoy little things in our groups. Hihihi

Mais! 🌽 🌽 🌽



Thank you so much Flower ni Sooyoung for this wonderful cover. Can't find your wattyname in my list. Sorry.

Textmate

Jay-jay's POV

It's official! Wala ng kasal na magaganap. Gusto kong nagtatalon sa tuwa at mag-celebrate magdamag kundi lang nagwawala si Kuya sa labas ng kwarto ko.

"**Angelo! Tama na!**" Awat ni Tita Gema. "**...Nakainom ka! Magpahinga ka na!**"

"**No! I just want to talk to them!**" Pagpipilit ni Kuya Angelo.

Naaawa ako sa kanya na hindi ko maintindihan. Ngayon ko lang sya nakitang lasing na lasing. Kapalit ng kasunduan namin ni Yuri ay ang pag-urong ng company nila na tulungan si Kuya.

"**Bukas na! Gabi na!**" Sigaw ni Tita Gema.

"**Now! We need to talk about it now!**"

Bahagya kong binuksan ang pinto ng kwarto ko at sinilip sila. Hirap na hirap si Tita na ipasok sa kwarto si Kuya. May dalawang maid na rin ang tumutulong sa kanya.

Napatingin ako sa pinto ng kwarto ni Aries. Bahagya din kasing nakabukas yun at nakasilip din sya sa parehong posisyon ko. Para kaming kapitbahay na nakiki-usyoso sa nagwawala.

"**Ma!**" Sigaw ni Kuya na parang nagsusumamo. "**...I failed you again.**"

Awtsu!

Para akong binato ng bato sa muka. Kung tutuusin hindi naman nya kasalanan. Pero parang dinadala nya lahat ng problema.

"**No son. You didn't failed me.**" Mahinahong sagot ni Tita. "**...magpahinga kana please.**"

Parang kusa ding tumigil ang katawan ni Kuya sa pakikipag-matigasan. Hindi na sya pumalag ng ipasok sya sa kwarto para magpahinga. Medyo matagal sila sa loob bago lumabas yung dalawang maid.

Sumunod naman si Tita. Bago pa nya maisara yung pinto lalapit na sana ako sa kanya pero naunahan ako ni Aries.

Papansin tong Horoscope na to!

"**Ma... Panu na tayo nyan?**" Tanung ni Aries.

Ngumiti si Tita Gema sa kanya at hinawakan sya sa pisngi.

"**Matulog ka na. Wag mong problemahin yun.**"

Yumakap si Aries kay Tita at hinalikan sya sa pisngi.

"**Kayo din po Ma.**"

Panu kaya kung hindi sya pina-ampon ni Mama. Ganyan din kaya sya sa Mama namin? Magiging masunurin din kaya sya at malambing? O baka mas malala ang pagiging abnormal nya?

Dun tayo sa malala.

Humiwalay ng yakap si Tita at nakangiting tumalikod para pumunta sa kwarto nya. Naglakad na pabalik si Aries pero huminto sya ng makita ako.

"**A-aries...**" Tawag ko sa kanya. "**...O-okay lang ba sila Tita?**"

Salubong ang kilay nyang lumapit sakin at hinablot ako sa siko. Masakit!

"**Wala ka bang utak?!**" Inis na tanung nya. "**...Malamang hindi! Sabihin mo nga sakin, kagagawan mo ba to?!**"

Hindi ako nakasagot. Pilit kong binabawi ang siko ko pero lalo lang nyang hinihigpitan.

"**May kinalaman ka ba sa pag-ayaw ng mga Hanamitchi?!**" Sigaw nya sa muka.

Shit naman! Talsik laway pa!

"**Bitiwan mo ko! Susuntukin kita!**" Banta ko.

Binitiwan nya ko pero pabalibag. Dahilan para tumama ang likod ko sa pinto. Tinignan ko sya ng masama.

"**Sana lang talaga wala kang kinalaman. Malilintikan ka kay Kuya.**" Sabi nya at tuloy-tuloy na naglakad papunta sa kwarto nya.

Pabalibag nyang sinara ang pinto. Nanatili lang akong nakatanga. Eto na kasi yung resulta ng kalayaang hinihingi ko. Alam ko namang isa to sa posibleng mangyari pero hindi ko naman expected na ganito kalala.

Pumasok ako sa kwarto ko at nahiga sa kama. Kainis! Hindi ko alam kung panu haharapin si Kuya Angelo. Nahihiya ako sa kanya. Hindi pa nga kami nakakapag-usap ng maayos dahil sa huling pagsigaw ko sa kanya tapos ngayon ganito pa.

Sandaling inagaw ng cellphone ko ang atensyon ko. Tumunog kasi yun pero nung hawakan ko naman biglang nawala. Pagtingin ko may miss called galing kay GagongBaliw.

Problema nito? Biglang napatawag.

Wala na sana akong balak pansinin sya pero ewan ko. Parang may nag-udyok sakin na mag-aksaya ng load sa taong to.

To: *GagongBaliw*
Message: *Baliw!*

Akala ko hindi sya magre-reply. Inabot din kasi sya ng ilang minuto bago sumagot.

From: *GagongBaliw*
Message: *Ako syo? Oo nMn!*

Ang lakas talaga ng tama ng taong to. Sino kaya talaga ang isang to? Atat na atat tuloy akong hiramin ang Sosyaling instinct ni David para malaman ko kung sino to.

To: *GagongBaliw*
Message: *cno kba tlga? Lkas ng trip mo sa mundo! Kng nant-trip k lng pwdeng wg aq? Ang dmi ko ng prob, hnd ko alm kng anung uunhin ko. Wg kna sumali.*

Nakatanga ako sa cellphone ko habang sini-send yun. Hindi ko rin inalis ang paningin ko don habang hinihintay ang magiging sagot nya. Nakapag-games na ko at fb pero hindi pa rin sya nag-re-reply.

Baka sumuko na...

Malalim na buntong hininga ang pinakawalan ko. Parang mas lalung bumigat ang pakiramdam ko nung hindi sya nag-reply.

Naibato ko tuloy ng di-oras kay snorlax ang cellphone ko. Balak ko sanang umikot para talikuran yon at matulog pero bigla nalang tumunog. May tumatawag.

Dinampot ko yun at ganun nalang ang pagtataka ko ng makita kong tumatawag ang GagongBaliw. Ayoko sanang sagutin pero parang nagkusa ang kamay ko ng pindutin yung kulay green na telepeno sa screen.

Inilagay ko yun sa tenga ko at hinintay syang magsalita pero wala akong naririnig na kahit ano.

"**H-hello?**" Sabi ko pero wala pa rin.

"**Hello? May tao ba dyan?**" Wala pa rin nagsasalita. "**...May hayop ba dyan? Alien? Engkanto? Impakto?..**" Wala pa ring sumasagot. "**...Tarantado meron? Gago?**"

Tinignan ko yung screen ng cellphone dahil baka naputol na yung tawag pero tuloy pa rin. Muli kong idinikit sa tenga ko ang cellphone.

"**Kung hindi ka magsasalita, papatayin ko na to.**" Banta ko at nakarinig ako ng malalim na buntong hininga.

So may nilalang sa kabilang linya?!

Parang nabadtrip ako sa inasta nya. Ginagawa nya kasi akong tanga. Umupo ako ng maayos sa kama.

"**Hoy! Pwede? Tigilan mo na ko! Wag kang pa-mysterious effect dyan! Hindi nakakatuwa! Nakakainis! Dagdag ka lang sa isipin ko ang dami ko na ngang problema!**" Inis na sabi ko at bigla nalang namatay ang tawag.

Hindi rin bastos ang Gagong to!

Isang textmessage ang dumating galing na naman sa kanya. Kahit naiinis ako binuksan ko pa rin.

From: *GagongBaliw*
Message: *I can't talk but I can listen. Tell me ur problem. Alteast mbwasn ang bigt ng nrramdamn mo sa pagssbi skin.*

Napatigil ako. My point sya kung tutuusin. Pinag-iisipan ko pa lang sana ang ire-reply sa kanya pero tumawag na naman sya. Sinagot ko yun at nilagay sa tenga.

Hindi na naman sya nagsasalita. Sa pagkakataon na to ako naman ang nagbuntong hininga. Hindi ko sya kilala, hindi ko alam kung sino sya. Pero sa ngayon, sya lang ang meron ako na handang makinig sakin.

"**Gagong baliw...**" Panimula ko. "**...hindi naman kasi kita kilala. Kaya yan ang pinangalan ko sayo.**"

Para syang ngumisi mula sa kabilang linya. Hindi ko nakita pero naramdaman ko dahil sa mahinang tawa na narinig ko.

Tinuloy ko ang pagsasalita. "**...hindi ko talaga ma-gets trip mo sa buhay. Pwede ka namang magpakilala, eh kung bakit gumaganyan ka. Siguro malaki atraso mo sakin----yung sobrang laki nahihiya na yang pagmumuka mo!**" Humiga ulit ako sa kama at niyakap si Snorlax. "**...ang dami kong problema. Sa pamilya, sa bahay, sa school, sa mga kaklase at sa punyetang love-love na yan. Isama pa yung mga basagulero dyan na trip yata talaga ako.**"

["Hhmm..."] Sagot nya na parang sinasabi na magpatuloy ako.

"**Ewan ko kung kilala mo na buong pagkatao ko.... Broken family kasi si ako. si Mama ko iba-iba nagiging asawa, si Papa ko hindi ko pwedeng makasama. Yung pakiramdam na sinalo ko lahat ng pahirap nilang dalawa.**" Tinitigan ko si Snorlax at inisip na sya yung kausap ko sa kabilang linya. "**...Sa bahay, nakikitira lang ako pero tinuring naman nila kong pamilya talaga, pero syempre hindi sa lahat ng pagkakataon. Pinagka-sundo nila ko don sa kaklase kong anak ng business-*keneme* nila. Ipinapakasal nila kong pilit don----pero umatras din naman sila, kapalit nga lang ng tuluyang pagbagsak ng company.**"

Umikot ako at umiba ng posisyon. Yakap-yakap ko pa rin si Snorlax at kasalukuyan ko ng pinaglalaruan ang tenga nya.

"**...Yung problema ko sa school problema na siguro ng mga studyante. Ang tagal ng graduation!..**" Medyo inis pa na sabi ko at parang narinig ko syang tumawa. "**...Sa mga kaklase ko...**" Napatahimik ako ng bumalik sakin ang lahat-lahat ng masasayang ala-ala namin. "**...pinaniwala kasi nila ko. Akala ko kabilang ako sa kanila. Yun pala isa lang akong laruan para sa kanila, pinag-pustahan at pinagka-isahan na parang wala kaming pinag-samahan.**"

Nagbabadya na naman yung luha ko kaya ilang beses akong huminga ng malalim.

"**Tapos yung taong mahal ko. Saksakan ng gulo! Sarap nyang sampalin back to back. Pinag-lalaruan nya ko----kamuka ko ba si Barbie para paglaruan? Lakas ng trip nya. Bading yata ang putik!**" Narinig ko ang pagtikhim nya at parang gusto ng magsalita. "**...Bading yun! Kilala mo ba yun si Mark Keifer Watson? Badin yun! Bading!**"

Bading na bading sayo...

Ewan ko pero bigla nalang akong natawa sa mga sinabi ko. Kung kaharap ko lang ang Hari ng mga Ulupong na yun malamang tinunaw na ko ng masamang tingin nya tapos salubong ang kilay.

["Tss..."] Dinig kong sabi nya.

Bigla nalang akong kinabahan. Natitigan ko yung cellphone ko. Para kasing----hindi! Hindi si Keifer, hindi rin si Yuri. Maraming nagsasabi non kapag naiinis.

Hindi sya yan... Hindi magsasayang ng oras ang isang yon para lang makipag-textmate.

Magsasalita na sana ako pero bigla nalang namatay ang tawag. Hinintay ko kung tatawag pa sya ulit pero hindi na. Sinubukan ko din syang tawagan pero hindi naman sinasagot.

Nag-type nalang ako ng message para sa kanya.

To: *GagongBaliw*
Message: *hnd pa q tpos mgSlita... kLa ko mkknig ka?*

Tinitigan kong mabuti ang screen ng cellphone ko. May ilang minuto rin ang hnnty ko bago ko na-receive ang sagot nya.

From: *GagongBaliw*
Message: *sory, i hve to go.*

Naihampas ko sa unan ang cellphone ko dahil sa inis. Ewan ba kung bakit na-badtrip ako. Kakaiba kasi talaga ang pakiramdam ko sa taong to.

Para bang isa sya sa mga Ulupong. Pero panu mangyayari yun? Wala namang nakaka-alam ng bagong number ko sa kanila. Sa Percy lang ang pinagbigyan ko. Si Rakki din dahil nung birthday ni Ci-N. Ewan ko lang si David.

Bwisit! Sino ba kasi talaga to?

Muling tumunog ang cellphone ko. Inis kong kinuha yun at isang text mesage ang dumating galing na naman sa kanya.

From: *GagongBaliw*
Message: *it ws nice hearing ur voice again.* 😊

Yung nakagat ko nalang yung labi ko ng di-oras. Nawala bigla yung inis ko kahit hindi naman dapat. Bwisit kasi! Yung emoji nagdala.

Hindi ako kinikilig! Hindi! Hende nge eh! Enebe?!

Nadaganan ko tuloy si Snorlax dahil sa biglaan kong pagdapa. Kainis kasi! Kinuha ko yung cellphone ko at nagtype ng message.

To: *GagongBaliw*
Message: *ewn ko syo! Gudnyt na nga!*

Ayoko pa sanang magpaalam. Kayalang sabi nya kasi '*i have to go*'. Nag-e-enjoy akong katext tong hayop na to. Muling tumunog ang cellphone ko dahil sa reply nya.

From: *GagongBaliw*

Message: *Gudnyt... I hope you'll hve sweetdreams.* 😊😊😊

Tsk! Ene be yen?! Emoji pe kese!

Nanginginig pa kamay ko sa pagreply sa kanya. Gusto kong sabihin na '*oo, sweet ang dreams ko dahil sayo*', pero syempre kailangan wag pahalata.

To: *GagongBaliw*
Message: *ikw din. Sweetdreams din.* 😊😊😊

Mabilis naman ang pagsagot ng luko. Kahit hindi ko pa nababasa panay naman ang ikot ko sa higaan dahil sa hindi ko maintindihan na feelings.

Hindi nga kasi ako kinikilig!

Binasa ko agad ang reply nya sakin.

From: *GagongBaliw*
Message: *nah! But wet dreams will do!*

Ay Gago neto!

Nawala na yung nararamdaman ko. Agad na nabalik yun inis ko at gusto kong ipukpok yung cellphone ko sa pader. Nakalimutan kong Barabas nga pala ang katext ko na to.

Madiin ang pagkakapindot ko ng mga letra sa cellphone ko mabuo lang ang message ko sa kanya. Animal ang lintik!

To: *GagongBaliw*
Message: *Queen Ina ka! Wg ka na nGa txt skin! Lkas mo mkCra ng gv!*

Sa sobrang inis ko sinakal ko si Snorlax. Putik na yon! Ganda na ng ngiti ko kasi nabawasan na yung sama ng loob sa katawan ko. Nabalik din, dahil sa kanya!

Muli na namang tumunog ang cellphone ko. Wala na sana akong balak pansinin yun pero may kung anung nagtutulak sakin na basahin ang message nya.

From: *GagongBaliw*
Message: *I more like it when u talk to me like that..*

Napangiwi ako. Baliw talaga ang isang to. Ang lakas ng tama nya. Gusto nyang minumura ko sya sa text ganun ba? Sira ata talaga ang tuktok nitong isang to.

To: *GagongBaliw*
Message: *Baliw ka tlga! Bgy na bgy syo ang name mo... GagongBaliw!*

Mabilis ang naging pagsagot nya sakin.

From: *GagongBaliw*
Message: *Gago na nga Baliw pa. How rude.*

Rude daw! Muka mo rude. Bagay lang naman sa kanya yun. Binubwisit nya ko. Impakto sya! Replay naman ako agad sa kanya.

To: *GagongBaliw*
Message: *ewn q syo! Wg mo n nga aq istrbuhin! Akla ko ba u hve to go na? Eh bkt reply k pa jan?!*

Inis na inis ako habang pinipindot ang send. May ilang minuto kong tinititigan ang conversation namin pero walang dumarating na sagot. Baka nakatulog na o tinamaan dun sa sinabi ko.

Nilagay ko na yung cellphone ko sa bedside table at umayos na ng higa para matulog. Sa hindi ko maintindihan na dahilan, ayaw akong dalawin ng antok.

Umikot ako para umiba ng posisyon at humanap ng mas komportable. Pinikit ko ang mata ko pero ang utak ko, gising na gising. Nagtalakbong na ko ng kumot pero wala pa rin.

Dumapa, tumihaya, tumagilid at nagtambling na ko sa kama pero wala pa rin. Gising pa rin ako!

Pag-ayaw matulog, inaantok! Kapag gustong matulog, gising!

Tinignan ko yung cellphone ko at sinilip ang oras. Mas lalu akong nabadtrip ng makita ko kung anung oras na. 2:26AM!

Kingina! Ilang oras ba kaming magka-text ng Gagong yun?! Idagdag pa yung oras na magka-usap----kausap ko sya, kasi hindi naman sya nagsasalita.

Bumalik na naman sa isip ko ang GagongBaliw. Sino ba kasi talaga sya? Gusto ko syang makilala para masampal ko sya. Yung tipong back to back para solid.

Tumunog ang cellphone ko. Kahit nagtataka kinuha ko yun at tinignan. *Speaking of the devil.* Nagtext ang talipandas.

From: *GagongBaliw*
Message: *stop thinking of me. I can't sleep.*

Ay wow! Ako pa talaga ang pinaghinalaan nya.

Mabilis ko syang nireplyan.

To: *GagongBaliw*
Message: *tigas ng muka mo! Pnu mo nMn n sv na iniicp kita? KAPAL MO!*

Hayop na yun! Ako nga itong hindi makatulog. Malamang sa hindi iniisip nya ko. Hindi ako nag-a-assume, obvious naman kasi. Bakit ako una nyang itetext ng hindi sya makatulog?

Napatingin ako sa cellphone ko ng tumunog yun. Binasa ko agad ang message ng hayop.

From: *GagongBaliw*
Message: *pnu ko nlman? Co'z ur the only person that i'm talking to mula pa kanina.*

Ay conyo ang Gago!

Type naman ako ng sagot sa kanya.

To: *GagongBaliw*
Message: *don't me! Donnat blaming me!*

Nang-gigil pa kong pindutin yung send. Hindi ko na nagawang icheck yung english ko dahil sa inis ko sa kanya.

Hindi ko na inalis ang cellphone sa pagmumuka ko. Hinihintay ko talaga ang reply ng Barabas na to. Pero dahil matagal mag-reply ang luko, tinext ko ulit sya.

To: *GagongBaliw*
Message: *bka nga ikw ang umiicp skin! Hnd aq mktlog!*

Pagkasend ko nun, dumating naman yung reply nya sa naunang text ko.

From: *GagongBaliw*
Message: *hahaha... What's with ur english?*

Paki mo naman sa english ko?!

Magrereply na sana ako ulit perod dumating naman ang sagot nya sa huli kong message.

From: *GagongBaliw*
Message: *yes, i am thinking of you. Here in my bed, naked...* 😎😈

Umusok ang ilong ko sa galit. Bwisit tong lalaki na to! Manyakis ang hayop! Nang-gigil akong magtype ng sagot ko sa kanya.

To: *GagongBaliw*
Message: *Ulowl! Wg ka ppkita skin, uuwi kng bali-bli ang buto sa ktwan! Bastos ka! Npka-manyak mo! Dpt syo pinuputulan ng anes pra madala! Yng mga ktulad mo dpt ang tinotokhang!*

Marami pa sana akong sasabihin sa kanya pero baka hindi na magkasya kaya pinindot ko na ang send. Nagtype ulit ako ng message para sa kanya pero bigla namang dumating ang reply nya.

From: *GagongBaliw*
Message: *i'm just kidding. Yes , i'm thinking of you but not like that. I am thinking of you wearing a wedding gown and walking in the red carpet while looking at me very happy.*

Bigla nalang napuno ng pagtataka ang isip ko. Anu bang pinag-sasabi ng lalaking to? Pinapangarap nya bang pakasalan ako? Ang weird tuloy bigla ng pakiramdam ko.

Kunot ang noo ko habang nag-ta-type ng isasagot sa kanya pero nasa kalagitnaan pa lang ako ng dumating ang panibagong message galing sa kanya.

From: *GagongBaliw*
Message: *and of course... The honeymoon!*

Tarantado talaga!

Sa sobrang inis ko sa kanya naibato ko yung cellphone ko sa kama at tuloy-tuloy na tumalbog yun papunta sa sahig.

Nagpapadyak din ako sa kama sa sobrang inis. Pati si Snorlax na-wrestling ko na din.

"**Manyakis! Manyakis! Manyakis!**" Inis na sabi ko habang sinusuntok-suntok ang mga unan.

Sa kakagalaw ko at kaka-sipa hindi ko namalayan na nasa dulo na pala ako ng kama at bigla nalang akong nalaglag. Una pa ulo ko!

Makaharap lang talaga kita! Todas ka sakin!

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 219

A/N: Nag-re-request po si Percy, tigilan na dw po ang kakatawag sa kanya ng "Kuya'ng Blue Eyes", "**Kuya Pogi**" na daw dapat.

Binalik na naman pala ang Slumdunk sa GMA7. Naalala ko bigla si Yuri ng makita ko si Sakuragi. Hehehehe


Ang
Mutya
Ng
Section E
The Dark Side
Eatmore2behappy

ANG MUTYA NG SECTION E
THE DARK SIDE
Eatmore2behappy

Ang Mutya Ng Section E

The Dark Side

Eatmore2behappy


Ang
Mutya
Ng
SECTION
E
EATMORE2BEHAPPY


ANG MUTYA NG SECTION E
THE DARK SIDE
EATMORE2BEHAPPY

Thank you much AymBlUe03 for this wonderful cover and cute meme.


HINDI MO BA NAKIKITA ANG SARILI MO?
NAGBABAGO KA NA!
MALAMANG HINDI! WALANG SALAMIN DITO
TANGA!

Begin Again

Jay-jay's POV

Dumaan ang mga araw na hindi ko namamalayan. Hindi kasi ako lumalabas ng kwarto, nahihiya ako'ng humarap kay Kuya.

Sa mga araw na nag-daan na yon, kausap ko lang si Percy at yung GagongBaliw sa cellphone. Wala silang ibang ginawa kundi ang inisin ako.

Speaking of cellphone.

Tumunog yun at ng tignan ko ay tumatawag si Percy sakin. Sinagot ko agad dahil baka may kailangan sya. Hindi pa rin kasi sya lumalabas ng kwarto nya.

"Hello." Kaswal na sabi ko.

["*Jay... Si Felix to.*"] Tinignan ko sandali yung screen ng phone ko para masiguro na tama ang pangalan ng tumatawag sakin.

"Bakit? Tsaka bakit ikaw ang may hawak ng phone ni Percy?"

["*Kasi... Si Kuya Percy kasi----*"] Bigla nalang may sumigaw ng *'Hindi ako lalabas!'*. **["*Ayun, baka may manghalay na naman daw sa kanya.*"]**

Literal ng nabaliw ang Persing Baliw.

Napakamot ako ng ulo. **"Sabihin mo, alam ni Honey ang Address nya."**

["*Sinong Honey?*"]

"Yung tropa ni..." Nag-aalangan akong banggitin ang pangalan nya. **"...nung Hari nyo."**

["*Si Raider? Yung pamangkin nung lawyer ni Keifer?!*"] Medyo gulat na tanung nya.

"Oo." Walang buhay kong sagot.

["*Bakit sya nasali dito?*"]

Napairap ako. Katamad mag-explain. Nag-aayos pa naman ako ng sarili para maghanda sa pagpasok sa school.

"Basta! Sabihin mo nalang."

Hindi sya nagsalita at nakakarinig ako ng kaunting pag-galaw mula sa side nya. Narinig ko ang paglangit-ngit ng pinto.

["*Hoy! Lumabas ka na... Papasok na ko sa school.*"] Sabi ni Felix.

Kaharap na siguro nya si Percy.

["*Ayoko... Dito lang ako.*"] Sagot ni Percy.

["*Bahala ka! Alam ni Honey bahay ko.*"] Sabi ni Felix at nakarinig

ulit ako ng paglangit-ngit ng pinto. **["*Jay?*"]** Tawag nya sakin. **["*Sinabi ko na.*"]**

"Anu reaksyon?"

Bigla nalang akong nakarinig ng malakas na lagabag ng pinto mula sa side nya. Narinig ko din ang mabibigat na hakbang ng kung sino.

["*Ihahatid kita!*"] Boses ni Percy. **["*Uuwi din muna ko sa bahay nila Tito Jasfher*"]**

Bahay nila Papa?

Oo nga pala. Dun nga pala sya umuuwi nung una pero nung okay na sila ni Felix bumalik na sya sa bahay nila. Bigla tuloy akong na-curious kung anung itsura ng bahay ni Papa.

["*Ewan ko sayo...*"] Bored na sabi ni Felix. **["*Jay, kita nalang tayo sa school. Bye!*"]**

Namatay na yung tawag. Binaba ko muna ang cellphone ko sa kama bago magsuot ng sapatos. Lunes ngayon at balik school na naman kami.

Kami lang naman yung nawalan ng pasok.

Ewan ko ba sa trip ng school namin. Kapag may bisita na mukang yayamanin, bigla kaming hindi papasukin.

Nang matapos sa pag-aayos, kinuha ko ulit ang cellphone ko. Dinampot ko rin ang bag ko at lumabas na ng kwarto. Dumiretso ako sa Dining kung saan sila nag-aalmusal.

Pagpasok na pagpasok ko, bigla nalang silang tumahimik na parang may dumaan na Anghel. Wala si Mama dahil sinundan muna nya si Andy'ng epal.

"G-good morning po." Bati ko sa kanila.

Ngumiti sakin si Tita Gema at Tito Julz. Nanatiling nakayuko si Kuya Angelo habang kumakain. Si Aries naman inirapan ako.

Kala mo, mapupuwing ka rin.

"Good morning Jay. Papasok ka na agad? Kumain ka muna." Aya sakin ni Tita pero agad akong umiling.

"Salamat po... Papa-alam lang po ako. Papasok na po kasi ako."

"Magdala ka nalang ng pagkain." Dagdag pa nya at akmang tatawag ng maid pero pinigilan sya ni Aries.

"Hayaan nyo sya Ma. Umalis sya kung aalis sya." Sabi nya ng hindi tumitingin samin.

Napayuko ako pero pinilit kong ngumiti. **"Alis na po ako."**

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nila. Naglakad na ko palabas ng bahay. Aaminin ko, iba ang dating sakin nga mga sinabi ni Aries. Parang gusto na nya kong umalis.

Paglabas sa gate ng bahay, nanibago ako. Para bang may kulang na hindi ko maintindihan. Nasanay ako na may sumusundo sakin.

Masanay ka na ulit na wala.

Naglakad na ko patuloy sa kanto namin. Balak ko sanang mag-abang ng masasakyan pero naalala ko na hindi pa pala ako nag-aalmusal. Dumiretso ako sa Mini mart at bumili ng sandwich.

Habang nakapila sa cashier napatingin ako sa lalaking pumasok. Panu ako hindi mapapatingin sa kanya. Muka syang bagong gising dahil sa magulo nyang buhok tapos kulay pula pa.

Hindi man lang nya ko tinapunan ng tingin at dumiretso sa pagpili ng pagkain.

Yuri'ng sabog.

Binayaran ko na ang binili ko at naupo sa bangko sa tabi ng glass wall. Tahimik akong kumakain ng may lumapit sakin at huminto sa harap ko.

"Hi Miss, pwedeng maki-share ng table?" Sabi ni Yuri na

animong hindi ako kilala.

Wala yata sya sa sarili. Inayos nya ang suot na salamin at ngumiti. Salubong ang kilay kong nag-nod sa kanya. Sya naman tong dali-daling naupo sa katapat kong bangko. Binaba nya ang binili sya sa table na nakapagitan samin.

"**HVIS ka din? Anung year kana? Ako nga pala si Yuri, ikaw?**" Sunod-sunod nyang tanung.

Handa na sana akong murahin sya pero meron akong biglang naalala. Gusto nga pala nyang magsimula ulit kami. By means of simula----simula'ng simula kung saan hindi pa kami magkakilala.

Sasakyan kong trip mo.

"**I don't talk to stranger.**" Walang buhay na sabi ko.

Bahagya syang ngumuso. "**Well then, let me introduce myself properly.**" Pinunas nya ang kamay sa pants nya sa may hita at nilahad yun sa harap ko. "**I'm Yuri Hanamitchi, 18 years old. I'm Japanese with Filipino blood. Single and ready to mingle. I like color red and I'm not related to Hanamitchi Sakuragi of Slumdunk.**"

Tinitigan ko lang sya habang nakangiti sya sakin. Muka syang tanga sa ginagawa nya pero may bahagi ko ang natatawa.

Tinapik ko ang kamay nya. "**I'm not interested.**" Sagot ko.

Ibinaba ni Yuri ang kamay pero nakangiti pa rin sya sakin.

"**Nice meeting you *not interested.***" Sabi nya.

Ayos... Nasiraan na sya ng bait.

Ang lakas ng trip nito. Pinanindigan nya talaga yung '*start all over again*' na yan. Goodluck naman kung matagalan nya.

"**Anung trip yan?**" Iritableng tanung ko sa kanya.

"**Hm?**" Sagot nya habang binubuksan ang balot ng binili nyang

pagkain. "**Masarap to, gusto mo?**"

Gusto kong sampalin ang sarili ko. Yung ginagawa nya ang tinutukoy ko----yung ginagawa nya ngayon sakin.

"**Baliw.**" Bulong ko pero sinadya ko ring iparinig sa kanya.

Ngumiti sya sakin bago kagatan yung binili nyang sandwich. Uminom din sya ng Juice na binili nya. Hinarap nya ko na para bang hinihintay ang magiging reaksyon ko sa pagkain nya.

Aning-aning...

"***Not interested,*** **anung year ka na?**" Tanung nya sakin.

Mabigat ang bawat pag-nguya ko habang bored na nakatingin sa kanya. Kung tutuusin dapat talaga akong makisakay sa trip nya dahil bahagi yun ng kasunduan namin.

Napabuntong hininga ako at binaba ang kinakain ko sa lamesa. Pinagpag ko din ang kamay ko at bahagyang nilapit sa kanya ang muka ko.

"**Jasper Jean Mariano ang tunay kong pangalan. Jay-jay naman ang nickname ko. 4th year highschool na ko, 17 years old at malapit ng mag-18 sa May. I like *foooood,* because food is life...**" Humahaba pa ang nguso ko sa pagsabi ng foooood. "**...Mahilig akong manapak, manadyak at mag-trashtalk. Sa bawat paghinga ko ay may kadugtong na mura. At ang huli.....AYOKO.....Ayoko nitong ginagawa natin. Muka tayong tanga!**"

Tahimik lang syang nakatingin sakin na para bang nabigla sa huli kong sinabi. Totoo naman kasi, muka kaming tanga nito. Magkakilala na kami, ilang buwan na. Nag-kiss pa nga eh! Tapos biglang eto kami at nagpapakilala sa isa't-isa.

Yang Tataa?!

Bahagyang pumaling ang ulo nya. "**So, hindi *Not Interested* ang tunay mong pangalan?**"

Tuluyan ko ng nasampal ang noo ko. *Bwisit kasi talaga!* Napa-dukdok na rin ako sa lamesa. Bakit ba pinahihirapan ko ang sarili ko ng ganito? Muntik ko ng makalimutan na Section E ang isang to.

Ulupong din sya....

Tinaas ko ang ulo at tinuloy ang pagkain ko. Naubos ko na pero sa totoo lang gutom pa rin ako. Napatingin ako sa kinakain ni Yuri. Isang dosenang sandwich yata ang binili nya.

Kailangan kong maka-segway para makadali ng pagkain sa taong to. Kahit dito man lang bumawi sya sakin.

"**B-bakit mo ba ko kinakausap?**" Kuwaring tanong ko habang napapatingin sa sandwich sa harap nya.

"**Gusto ko lang makipag-kilala. You're wearing an HVIS uniform. Hindi naman siguro masama na magkaroon ng bagong kakilala na schoolmate ko din.**" Paliwanag nya habang nakatingin sa mga mata ko.

Nag-nod lang ako pero ang totoo nakadali na ko ng isang sandwich habang nagsasalita sya.

"**Sabi mo 4th year ka, anung section ka pala?**" Tanung nya.

Inumpisahan kong lantakan yung na-umit kong sandwich. Nagtitipid lang ako ngayon kaya ayokong bumili ng bumili. Tag-hirap na kasi!

"**Section E.**" Sagot ko sa pagitan ng pag-nguya.

Kuwari syang namangha sa sinabi ko. "**Talaga? Ang galing, Section E din ako.**"

Eh?

Sinakyan ko nalang ang trip nya. Umarte din ako kagaya ng reaksyon nya.

"**Talaga?! Ang galing ano?**" Sabi ko habang inu-umit ulit ang isa pang sandwich malapit sa kanya.

"**Sabay na pala tayong pumasok.**" Suggestion nya.

Makakatipid ako sa pamasahe!

Buong ngiti akong nag-nod sa kanya. "**Sige!**" Sabay kuha ulit ng sandwich.

Nakangiti pa rin sya sakin. Kumuha sya ng sandwich na binili nya at kumain. Mukang hindi nya napapansin na bawas na ang binili nya.

Habang patuloy sa pagkain, inabot nya sakin ang ilan sa natitirang sandwich sa harap nya.

"**Ubusin mo na...**" Sabi nya. "**...para hindi mo na inu-umit isa-isa.**"

Napangiwi ako. Alam pala nya yung ginagawa ko. Pero hindi ako nahiya. Kinuha ko yung mga binigay nya sakin at nilagay sa bag. Pinagpatuloy ko ang pagkain at ganun din sya.

Nang matapos kumain agad nya kong inaya sa kotse nya. Sabay daw kaming pumasok. Muka syang bata na nakakuha ng bagong kaibigan. Tuwang-tuwa, nakangiti at walang paglagyan ang kaligayahan.

Siguro kung ganito sya noong unang beses kaming magkakilala---- yung unang-una talaga. Malamang naging magkaibigan kami agad. Malamang din hindi na kami magiging ganito.

Mukang ewan...

Pagdating sa school, hinintay ko muna syang makaparada ng maayos bago bumaba. Napapangiwi nalang ako habang nakatingin sa kanya.

Napatingin ako sa ilang istudyante na nakatingin samin at nagbubulungan. Hindi ko alam kung anu pinag-uusapan nila pero mukang seryoso.

"**Anu yun?**" Tanung ni Yuri habang nakatingin sa mga istudyanteng nagkukumpulan malapit sa building namin.

Tumakbo ako palapit don. Pinilit kong makisiksik sa mga istudyanteng nakiki-usisa. Isang malaking tarpaulin ang bumungad sakin. Nakadikit yun sa malaking plywood na pinapatayo ng dalawang poste ng kahoy.

Notice for Demolition!

Hindi ko na nagawang basahin ang kabuuan ng notice. Agad akong tumakbo papunta sa room namin. Sakto namang nakita ko si Sir Alvin na hinahabol ang Guidance Councilor namin at ilang mga teacher.

"**Sir!**" Tawag ko pero nilagpasan lang nya ko.

"**Sir Alvin!**" Sigaw ng Councilor sa kay Sir para patigilin sya sa pagsunod sa kanila. "**...Utos na yan ng nakatataas. Wala na tayong magagawa.**"

"**Pero Ma'am! Hindi ba pwedeng hintayin nyo munang maka-graduate yung mga bata? Kaunting panahon nalang.**" Pakiki-usap ni Sir Alvin.

"**Wala na kong magagawa don. Alam kong alam mo na noon pa gustong ipatanggal ng Board Members ang building na to pero lagi kang kumukontra.**" Inayos nya ang dalang libro. "**...at ngayong wala na si Mr. Fernandez para suportahan ka, wala ng pipigil sa gusto ng buong Members.**"

Mr. Fernandez? Si Kuya Angelo yun. Panung wala na? Hindi ko maintindihan.

"**Pero Ma'am... Nakikita nyo naman! Matino ang building na to. Matibay ang pagkaka-gawa dito. Kaya bakit nyo pa ipapa-demolish?!**" Iritableng tanung si Sir.

Bahagya tumawa ang Guidance Councilor na kina-inis ko. Wala naman kasing nakakatawa. Totoo ang sinasabi ni Sir. Kahit kupas ang pintura at puro alikabok at agiw, halatang matitibay ang pader nito.

"**Matibay nga pero tignan mo nga ang paligid. Nagmumukang tambakan ng basura! Puro vandalism ang pader! At ang mga**

istudyante? Parang hindi naman mag-aaral!" Dinuro ni Ma'am si Sir. "**...Kung ako masusunod, pati mga Section E na yan, ipapatanggal ko! Kaya lang naman sila andito dahil may backer sila o kaya mai-pluwensya ang pamilya. Pero dinudumihan nila ang paaralan na to dahil sa mga pag-uugali nila!**"

Huminga ng malalim si Sir at pilit pinipigilan ang galit. "**Hindi naman ang Section E ang dahilan kung bakit ganito ang building na to. Kayo ang nag-utos na dito itambak ang mga sirang lamesa, silya, aparador pati mga lumang libro. Ibang mag-aaral ang dumumi nito hindi sila.**" Sinuklay ni Sir ang buhok gamit ang kamay. "**...bakit nyo ba pinag-iinitan ang buong Section E?!**"

Nagsalubong ang kilay ni Ma'am. "**Bakit panay ang pagtatanggol mo sa Section na yan?!**" Tinignan nya mula ulo hangang paa si Sir. "**...sabagay anung aasahan namin sayo? Yan din ang pinanggalingan mong Section.**"

Tumalikod si Ma'am at naglakad na paalis kasunod ng ibang teacher. Naiwan si Sir na maka-ilang ulit na nahilamos ang muka. Nakaramdam ako ng presensya ng tao sa likod ko kaya nilingon ko.

Ang Section E maliban sa Hari nila.

"**Panu na tayo nyan?**" Malungkot na tanung ni Ci-N.

"**Basta ba maaga tayong ga-graduate, okay lang sakin.**" Sabi ni Eren pero naka-kuha agad sya ng batok galing kay Calix.

Napatingin ako kay Yuri ng mapansin kong seryoso'ng-seryoso sya. Naglakad sya palapit kay Sir.

"**Akala ko po si Angelo ang humaharang sa mga Board Member. Bakit ngayon parang wala syang nagawa?**" Tanung ni Yuri.

Umiling si Sir. "**Hindi sya dumating nung huling meeting. Napag-alaman din namin yung problema sa Company nila.**"

Si Kuya pala ang katulong ni Sir Alvin na pigilan ang Demolition ng building na to. Pero anung connect nung sa company nila. Anu

ngayon kung may problema?

Malungkot na humarap samin si Sir pero pinilit nyang ngumiti. **"Bumalik na kayo sa room nyo. May tatawagan lang ako."**

Sunod-sunod na naglakad ang mga Ulupong. Hinawakan naman ako ni Yuri sa braso at bahagyang hinila pabalik ng room. Pero ang paningin ay nakay Sir Alvin pa rin.

Kung i-de-demolish na tong building, saan na kami mag-room? Panu yung mga picture sa taas?

Tahimik ang lahat pagpasok. Kahit si Ci-N walang sigla pag-upo ko sa tabi nya. Ang pangit nga naman kasi ng balita. Lunes na lunes pa naman din.

"Dating Section E si Sir Alvin." Sabi ni Drew kaya napalingon kami sa kanya. **"...Nakita ko sya sa mga picture dyan sa taas. Nakita ko din yung picture na yon kay Tiger at sa table nya sa faculty room."**

Oo nga pala. Magkakilala nga pala sila ni Kuya Angelo. Kaya siguro ganun nalang din ang pagtutol nya sa demolition. Mahalaga din para sa kanya ang lahat ng meron dito.

"Kainis! Kung kailan kailangan natin si Keifer tsaka naman mawawala!" Inis na sabi ni Edrix.

Si Keifer mawawala?! Mag-ce-celebrate na ba ko?!

"Bakit mawawala si Keifer?" Malungkot na tanung ni Ci.

"Oo nga, wala naman sya sinabi samin." Dagdag ni Mayo.

Padabog na naupo si Edrix at pinatong ang paa sa table. **"Nag-submit sya ng letter sa school committee. Isang buwan syang mawawala."**

Isang buwan?!

'*I'm giving you space.*'

Naalala ko na naman yung sinabi nya sakin. Eto ba yung space na binibigay nya? One month? Panu yung birthday nya? Panu yung pag-aaral nya?

Napatingin ako sa pwesto nya sa likod at nahagip ng paningin si Yuri na titig na titig sakin. Ngumiti naman sya ng mapansin nyang nakatingin ako sa kanya.

"**Anu namang gagawin nya at isang buwan syang mawawala?**" Tanung ni David.

"**Naghahanda.**" Bored na sagot ni Rory. "**...sa 29 na ang birthday nya. Inililipat na sa pangalan nya lahat ng karapatan nya sa mana na iniwan ng Lolo't Lola nya.**"

Kaya pala 1 month. Sinabay lang talaga nya yung space-space na yan. Ayos din ang Gagong yun.

"**Pero baka hindi na bumalik yun.**" Sabi ni Blaster. "**...Babalik ka pa ba sa basurang school na to kung may Bilyon-bilyon ka naman?**"

Napansin ako ang pagtingin sakin ng iba sa kanila. Tumalikod ako sa kanila at nagpanga-lumbaba. Ayokong ipakita sa kanila na apektado ako nung sinabi ni Blaster.

Kahit totoo naman!

May kirot sa dibdib ko habang iniisip na baka nga hindi na talaga sya bumalik. May Bilyon ka na! Aanhin mo pa ang basura. Kaya na nyang bumili ng paaralan, kaklase at babae'ng mamahalin sya. Sobra-sobra pa yung perang meron sya.

"**Babalik si Keifer.**" Bulong ni Ci-N habang nakatingin sakin. "**...alam ko babalik sya.**"

Ginulo ko ang buhok nya at ngumiti sa kanya. "**Pwede ring kahit hindi na.**" Kuwaring biro ko.

Sumibangot naman sya habang pilit inaayos ang buhok. Naguhuluhan talaga ako sa inaasta nya. Sobrang gulo nya. Kaya ayokong maniwala sa kanya kasi ang gulo nya.

Sana lang pagbalik nya, ayusin nya lahat ng gulong iniwan nya. Sana rin bumalik sya hangat maaga dahil sa tindi ng gulong iniwan nya. Baka wala na syang balikan.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 220

A/N: So, ayun! Nagulo yung pangalan ng listahan ko ng mga gumawa ng cover ng AMNSE. Hindi ko tuloy ma-post dito. Aayusin ko pa sila.

Eto muna yung iba. Thank you so much for this cover. jhyBarcela



No longer the King

Jay-jay's POV

Kanina ko pa pinag-ma-masdan ang malaking sign ng '*Notice for Demolition*'. Likod lang ang nakikita ko pero sapat na yon.

Kasalukuyan akong nasa second floor. Kumakain ng pananghalian at pinapanood tong dalawa dito na nag-aaway.

"**Umalis ka dito! Pipitikin kita!**" Inis na sabi ni Percy.

"**Dukutin ko mata mo!**" Banta ni Ci-N.

Sumunod kasi sakin si Ci-N dito. Akala nya kasi sasama na ko sa kanya na kumain ng luto ni Eman. Tumanggi ako at dumiretso sa

second.

"**Penge ako nito!**" Buong galak na sabi ni Ci at kumuha ng pizza.

"**Tigas ng muka mo! Hindi para sayo yan!**" Inis na sabi ni Percy habang pilit inaagaw ang kinuha nya.

Kanina pa sila ganyan buhat magkita. Dapat pala talaga hindi ko sila pagsamahin. Ang ingay-ingay at ang gulo-gulo. Para akong may alaga na dalawang makulit na bata.

Instant Baby Sitter lang ang peg.

"**Tapos ka na ba kumain?**" Tanung sakin ni Percy ng mapansing hindi ko na ginagalaw ang pagkain sa harap ko.

"**Ayoko na.**" Sagot ko at inabot kay Ci-N ang natitira pagkain ko.

Buong galak naman nya yung tinanggap. Seryoso akong pinagmasdan ni Percy para bang kinukumpirma nya kung may iniisip akong problema.

"**Yung Demolition Notice ba ang pino-problema mo?**" Tanung nya.

Tumingin sakin si Ci sandali bago ituloy ang pagkain. Nag-nod naman ako kay Percy bilang pagsagot.

Ang totoo, hindi lang yun ang iniisip ko. Kahit kasi anung pagkukumbinsi sa sarili ko na hindi na dapat ako maniwala at umasa sa Pesteng Hari ng mga Ulupong na yon, walang nangyayari. Kusa akong umaasa kahit hindi naman dapat.

Ang masakit pa nito, malaking bahagi ko ang pinanghahawakan ang sinabi nya na babalik sya matapos akong bigyan ng space.

Pero mukang sumakay na sya sa sarili nyang spaceship palayo sakin at hindi na babalik pa.

"**Wag mo isipin yun. Mahal ka non.**" Wala sa sariling sabi ni Ci habang patuloy sa pagkain.

Napangiwi si Percy sa kanya. Kung hindi lang ako sanay sa ugali nya malamang nabatukan ko na sya ng ma-tindi-tindi.

"**Ganto ba talaga to?**" Tanung ni Percy habang tinuturo si Ci-N gamit ang daliri nya. "**...Patay gutom na nga, nagsasalita pa mag-isa.**"

Nag-nod ako. "**Nanga-ngagat din yan.**"

Pagkasabi ko non, awtomatikong lumapit si Ci sa daliri ni Percy na nakaturo sa kanya. Kinagat nya ng buong lakas at agad namang nataranta tong isa.

"**Aray! Aray! Aray!**" Sigaw nya at pilit tinutulak ang ulo ni Ci-N palayo sa kanya. "**...Jay! Patigilin mo to!**"

Ayoko nga! Haha

Nag-sisimula na kong matawa sa itsura nila. Nahawa na ata itong si Ci ng rabis dun sa pusang tinawag nyang Edy. Pati ugaling panga-ngagat nakuha nya din.

Nagsisimula ng maiyak si Percy sa sakit kaya inawat ko na.

"**Ci... Bitaw na.**" Bored kong sabi at bumitaw naman sya.

Hinarap ulit nya ang pagkain at bumalik sa paglantak. Si Percy naman ay himas-himas ang daliring halos mangitim na dahil sa kagat. Nangingilid pa ang luha nya habang nakatingin ng masama kay Ci.

Patay malisya naman itong isa.

Sandaling nawala ang pangamba ko dahil sa dalawa na to. Pero bumabalik talaga at naglalaro sa isip ko yung mga sinabi ni Blaster kanina. Baka hindi na talaga nya kami balikan.

Posible yun. Siguro mas mabuti kung tanggapin ko nalang na ganun nga para hindi na ko umasa pa. Para hindi na ganun kasakit kapag dumating na ang araw na yon.

Narinig kong tumunog ang cellphone ko. Kinuha ko yun at isang

text message ang dumating galing na naman syempre sa textmate kong araw-araw atang sabog.

From: *GagongBaliw*
Message: *eat well... Ptba ka, para mlamn.*

Gusto kong isipin na concern sya. Pero dahil aminado syang Ulupong din sya. Alam ko iba ang tinutukoy nya sa salitang malaman.

Hindi ko nalang sya pinansin at tumingin nalang sa kung saan. Nahagip ng paningin ko ang mga student na nagtatakbuhan. Para bang meron ulit silang inu-usisa.

Tumayo ako at sinilip na pilit yon. Pati sila Percy at Ci-N nakitingin na rin.

"**Nagkakagulo yata sila.**" Sabi ni Percy.

"**Ay hindi! Hindi sila nagkaka-gulo. Normal lang yan, normal.**" Pamimilosopo ni Ci.

Handa na sanang magpalitan ng ma-a-anghang na salita ang dalawa kundi lang dahil sa tumawag sa pangalan ko mula sa baba.

"**JAY-JAY!**" Sigaw ng kung sino.

Lumapit ako sa hagdan para bumaba pero doon pa lang nakita ko na kung sinong tumatawag sakin. Sinalubong ako ni Eren.

"**Jay! Yung pinsan mo!**" Bungad nya sakin.

Hindi ko na hinintay ang susunod nyang sasabihin. Agad akong tumakbo papunta sa main building. Kumupulan ang mga istudyanteng halatang nakiki-usi lang naman.

Halos itulak ko na lahat ng nakaharang sa daan ko makalapit lang sa gitna. Pero hindi pa man din ako nakakalapit ng husto, nakita ko na agad ang nangyayari.

Yung Horoscope!

Pinagtutulungan ng mga Section A at D si Aries. Pinangungunahan sila ni Mykel na kaibigan ni Kiko at Aries. Pero hindi ko maintindihan ang nangyayari.

Nakita ko si Ella na umiiyak habang yakap-yakap ni Mica. Si Freya naman parang nanonood lang ng boring na palabas. Tinitignan pa nya ang kuko nya at magbubuntong hininga.

"**Anu na! Aries the great... Asan na tapang mo?**" Dinig kong sabi nung Mykel. "**...Magka-pangalan pa naman tayo tapos ganyan ka.**"

Nagtawanan ang mga kasama nya. Hawak-hawak ng Section D si Aries. Nakangiti namang nanood ang mga Section A.

Hindi naman sila magkapangalan. Michael Aries yung pinsan----este kapatid ko.

Mykel naman sya.... Mykeliling!

Hindi ko makita ng maayos ang pagmumuka ni Aries dahil nakagilid sya sakin. Pero may nakikita akong dugo sa ibang parte ng muka at uniform nya.

Lalapit na sana ako sa kanila para makialam pero may kamay na humawak sa braso ko. Nang tignan ko yun, nag-alalang nakatingin sakin si Yuri.

"**Wag ka munang kumilos... Baka lalung mapahamak si Aries.**" Bulong nya sakin.

Totoo yung sinabi nya. Dalawang Section sila ngayon na andito at pinag-tutulungan sya. Kung basta-basta nalang akong kikilos baka kung anung gawin nila.

Napalitan akong manood nalang din sa ginagawa nila. Saradong sarado ang kamao ko at nag-iinit yun na tumama sa muka ng kung sino.

Suntukin ko kaya tong kaharap ko?

"**Kawawa naman si Aries.**" Sabi ng isang babae malapit samin.

"**Naku Jelaii! Naawa ka dyan eh sinungitan ka dati nyan!**" Sabi nung katabi nya.

Ang ingay nila! Gusto ko sila sungalngalin!

Bahagya akong naharangan ng dalawang istudyante. Napilitan akong umiba ng pwesto para makita ng maayos si Aries. Sakto naman na medyo nakaharap na ko sa kanya.

"**Babe! Kawawa naman si Aries.**" Sabi nung isang babae sa harap ko na naka-angkla sa braso ng boyfriend nya ata.

Wew... May gulo na nga naglalampungan pa!

"**Hoy Rhona Camille! May gusto ka ba dyan kay Aries na yan?!**" Inis na sabi nung lalaki.

Sumibangot naman agad itong babae. "**Hoy! Sebastian Estebe! Wag mo kong pinag-dududahan ah!**"

Napakamot ako sa ulo sa sobrang inis. Langya naman oh! Dito pa talaga sila nag-away sa harap ko. Mga tao talaga ngayon. Kapag wala lablyf, iyak-iyak forever alone daw. Kapag meron inaaway naman.

Ibang klase...

Napilitan akong bumalik sa pwesto ko kanina. Tumabi ako kila Yuri at tinignan ulit sila Mykel. Napatakip ako sa bibig ko ng bigla nyang sikmuraan si Aries. Napaluhod na sya habang hawak ng dalawang taga-Section D.

"**Yuri! Gumawa na tayo ng paraan.**" Pakiki-usap ko.

Panibagong suntok at sipa ang binigay nila kay Aries. Umubo na sya ng dugo sa bibig at parang babagsak na ang talukap ng mata.

Hindi na ko makatiis. Lalapit na sana ko sa kanila para suntukin sa muka si Mykel pero hindi ko na naituloy dahil.....Percy?

Nasa gitna si Percy habang nangungulangot.

"**Umaano si Kuya dyan?!**" Gulat na tanung ni Felix.

Kahit ako nagulat din. Muka kasi syang walang alam sa nangyayari habang nanunuod sa nag-aaway. Dahil sa nakagitna sya napalitan silang tumigil at pinag-masdan sya ng lahat.

"**Hoy! Umalis ka nga dito! Istorbo ka!**" Sabi ni Mykel sa kanya.

"**Hindi ko makita ng maayos yung ginagawa nyo don. Dito nalang ako.**" Sabi nya na parang nanood lang ng palabas. "**...Sino ba yang binabanatan nyo?**"

Anak nang.... Ang tindi!

"**Pamilyar ka sakin. Sino ka ba?!**" Iritableng tanung ni Mykel sa kanya.

Ngumiti ang Percy na akala mo nasa commercial ng isang toothpaste. "**Ganun talaga kapag gwapo. Nagmumukang pamilyar sa lahat.**"

"**Ayos sa kakapalan ng muka.**" Bulong ko.

Bahagyang tumaas ang ulo ni Aries at tinignan ang kaharap. Nangunot ng bahagya ang noo nya.

"**P-percy? A-anung.... Anung g-ginagawa mo d-dito?**" Halos pabulong na tanung nya.

Naghimas ng batok ang Percy. "**Nag-deliver.**"

Tsk! Nagdeliver ng pagkain para sakin.

Pinagmasdan ng mabuti ni Mykel si Percy at parang nakilala na nya ito. Tumingin pa sya kay Freya sandali at binalik ulit ang tingin sa kaharap.

"**Ikaw yung boyfriend ni Freya! Pero patay ka na! Panung----.**"

"**Correction!**" Malakas na sabi ni Freya. "**...EX-Boyfriend.**"

Bigla nalang humawak si Percy sa dibdib nya at parang nasaktan sa

hindi malaman na dahilan. Napaluhod pa sya habang nakatingin kay Freya.

O.A. nito!

"**Tsakit! Aray! Tsakit!**" Sabi pa nya. "**...Ni-patay ako ni Freya.**"

Bigla nalang syang nahiga sa sahig na parang nawalan ng malay. Lalapit na sana ako sa kanya para paalisin sya dahil agaw eksena sya pero naunahan ako ni Ci-N. Hinawakan nya ang pulso nito at tumingin kuwari sa kamay nya na wala namang relo.

"**Time of death: Alas balat bago mag alas buto. Cause of death: Broken Hearted dahil kay Freya.**" Sabi ni Ci-N at tinakpan ng panyo ang muka ni Percy.

Halos sabay-sabay kami ng buong Section E na nasampal ang mga sariling noo. Napairap nalang si Freya habang napapailing tapos ay nag-walk out.

Mamaya lang ganyan na rin ang gagawin ko. Kapag hindi umayos ang isang to.

"**What the hell! Anu bang ginagawa nyo?! At ikaw!**" Turo ni Mykel kay Ci-N. "**...Umalis ka dito! Pipitikin kita!**"

"**Eh anu naman sakin?!**" Mapang-inis na sagot nya at nagtatakbo palapit samin.

Parang linya ko yun ah?

Tumayo na si Percy mula sa pagkakahiga tapos ay nagpagpag. Ginamit nya pa yung panyo ni Ci-N pamunas.

"**Luko ka... Pinatay mo ko agad.**" Sabi ni Percy kay Ci.

"**Hoy! Wala akong paki kung saang impyerno ka galing! Umalis ka na dito! Dapat nanatili ka nalang sa kabaong!**" Galit na sabi ni Mykel.

"**Ayoko nga don!**" Protesta ni Percy sa kanya. "**...ikaw nalang kung gusto mo.**"

Halatang napipikon na si Mykel sa kanya. Pati mga Section A at D naiirita na rin sa ginagawa ni Percy.

Ngumiti ng malawak si Percy sa kanya. "**Gusto mo sama kita sa impyernong pinang-galingan ko?**"

Napikon na ng tuluyan si Mykel sa kanya. Sinung-gaban kagad sya nito ng suntok pero iniwasan lang nya. Natawa pa sya ng makita akong nakatingin sa kanya.

Hinarap nya si Aries. "**Hinayaan mong pabagsakin ka ng mahina'ng to?**"

Hindi na nagawang makasagot ni Aries. Binitawan sya ng mga Section D at tuloy-tuloy na bumagsak sa sahig. Kinuha ni Ella at Mica ang pagkakataon para lapitan at tulungan sya.

"**Mayabang ka!**" Sabi ng isang taga-section D at sinugod si Percy.

Effortless naman nyang sinalo ang suntok nito at tinulak na parang bata. Naging seryoso ang muka nya ng makitang marami ang nakapaligid sa kanya.

"**Ayoko sana pumatol sa mas bata sakin.**" Nagbuntong hininga sya. "**...no choice.**"

Batang wala lang sa kanya ng banatan nya ng suntok ang unang lumapit sa kanya. Hindi rin sya pinagpawisan sa sumunod at parang na-bored lang sya ng suntukin ang kasunod pa.

Nagsisigawan ang mga kababaihan dahil sa takot. Yung mga lalaki naman panay ang pag-cheer sa kung sinong bet nila.

Napatingin ako kay Mykel ng umikot sya sa bandang likod ni Percy na may hawak na baseball bat. Napatakbo ako ng makita kong ihahampas yon sa kanya. Saktong paglapit ko ay may paa.....paa?

Oo! May paa na sumipa sa muka ni Mykel. Nag-flying kick si Ci-N para patamaan ang luko. Tuwa'ng tuwa naman ang Batang Kumag.

"**Yes! Matagal ko ng gustong gawin yan! Lagot nga lang ako kay Kuya.**" Sabi nya habang nakataas ang dalawang kamay.

Baliw! Lakas ng tama nya.

Ang alam ko magka-tropa si Mykel at ang Kuya nya. Kaya alam na alam na nung Kuya ni Ci yung mga kalokohan nya.

Nawala sa isip ko na lumapit ako kay Percy. Napagitnaan tuloy ako ng mga susugod kay Percy. Aalis na sana ako pero mukang hindi na kailangan. Naglapitan na sila Felix para tulungan kami.

Dahil nga nasa gitna ako. Walang choice kundi makisali sa nangyayaring gulo.

"**Umalis ka nga dito! Wag ka makisali sa gulo!**" Sita sakin ni Percy.

Hindi ko sya pinansin. Sinipa ko nalang sa muka yung Section D na pasugod sakin. May ilan-ilan din akong sinuntok sa muka.

Napatingin ako kila Ella ng mapansin kong hindi sila umaalis sa kinalalagyan nila kahit nagkakagulo. Tumakbo ako palapit sa kanila.

"**Bakit hindi pa kayo umaalis dito?!**" Tarantang tanong ko.

"**Obvious ba! Nahihirapan kaming alalayan si Aries!**" Inis na sabi ni Ella.

Kukutusan ko to! Ginagalit ako!

Sinubukan kong itayo si Aries. Tumulong sila sakin at halos maubos ang hininga namin dahil sa bigat nya.

"**Sa clinic tayo!**" Sabi ko pero bigla nalang huminto si Ella.

"**Hindi sya tatanggapin don.**" Sabi nya.

Taka ko syang tinignan at si Mica pero pareho silang seryoso ang tingin sakin. Bakit hindi tatanggapin don?

Napapikit ako ng mariin. "**Tsk! Sa Room nalang namin!**"

Nag-nod naman sila pareho kaya pinagtulungan naming dalhin sya

sa room. Daig pa namin nagbuhat ng sampong sako ng bigas dahil sa bigat nya.

Wala man lang nagmalasakit na tulungan kami. Pagdating sa room namin, binitiwan ko sya at dali-daling naghanap ng pwedeng isapin para maihiga namin sya sa sahig.

Yung apron nalang ni Eman yung nahanap ko. Nilatag ko yun at inalalayan ko si Aries na mahiga. Paga ang muka sa sugat at pasa. May malay sya pero hirap na hirap syang kumilos.

"W-wala ba kayong first aid kit dito?" Naiiyak na tanung ni Ella habang pinupunasan ng panyo ang muka ni Aries.

Shit! Hindi ko alam...

Napailing nalang ako. Sa clinic o ospital talaga dapat dalhin tong si Aries. Hindi ko maintindihan kung bakit hindi kami pwede sa clinic.

Kahit tong mga nangyayari hindi ko din maintindihan. Tinignan ko si Mica na nag-aalala din sa itsura ni Aries.

"Anu bang nangyayari? Bakit ganito yung ginawa nila kay Aries? Akala ko ba magka-kaibigan sila?" Tanung ko sa kanilang dalawa.

Tinignan nila ko pareho at parang nag-aalangan kung sasabihin ba nila o hindi. Hinawakan ni Mica si Ella sa kamay. Para bang sinasabi nya na ayos lang sabihin sakin.

"T-they put Aries down from his throne." Naiiyak na sabi nya. **"...Sabi n-nila, bagsak na si Angelo kaya ganun na rin sya."**

Napa-tanga nalang ako sa mga sinabi ni Ella. Bakit kailangang madamay si Aries sa nangyayari kay Kuya? Oo pabagsak na yung company nila pero hindi ibig sabihin nun ay pati mismo sila.

Mga anak sila ng tipaklong...

"Mataas ang tingin nila kay Aries dahil nakadikit sa kanya ang pangalan ni Angelo. Ginawa syang Hari sa school na to pero

ngayong wala na si Angelo parang wala na rin ang lahat kay Aries." Dagdag pa ni Ella at umiyak.

Napaupo nalang ako sa sahig. Pakiramdam ko kasalanan ko lahat. Dahil sa kagustuhan kong makaligtas sa kasal na yan, kinailangan kong isakripisyo yung kumpanya nila Kuya. At ngayon pati buhay na kinasanayan nila, mawawala na rin sila.

Eto na yong kabayaran sa pagiging makasarili ko.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 221

The real King

Jay-jay's POV

"**Eto first aid kit.**" Sabi ni Eman habang inaabot ang isang pulang pouch kay Ella.

"**S-salamat.**" Sabi ni Ella habang tinatanggap ang pouch.

Binuksan nya yun at kinuha ang bulak at alcohol. Inumpisahan nyang dampian ang muka ni Aries.

Muka akong ewan na nanood sa kanila. Gusto kong tawagan si Tita o kaya si Kuya pero natatakot ako sa sasabihin nila. Alam ko kasi na ako ang may kasalanan nito.

"**Jay...**" Tawag sakin ni Ci-N habang nauupo sa tabi ko. "**...bakit andito sila?**"

Tinignan ko sya. "**Hindi daw kasi sila tatanggapin sa clinic kaya dito ko nalang sila dinala.**"

"**Baka magalit si Keifer.**" Bulong nya sakin.

"**Wala naman yung Kumag na yon dito.**"

Niyakap ko ang tuhod ko at dumukdok. Hindi ko alam ang gagawin. Nahihiya ako kila Kuya dahil sa nangyari'ng to. Unti-unti'ng nawawala ang ang lahat sa kanila ng dahil sakin.

"**Jay-jay...**" Tawag sakin ng Mica kaya naman tinignan ko sya.

Umupo sya sa tabi ko at inalok sakin ang hawak na bottled water. Umiling ako at muling dumukdok sa tuhod ko. Hindi pa rin nagkakamalay si Aries.

Walang Horoscope for today!

"**Sa tingin ko kailangan na nating dalhin sa ospital to.**" Sabi ni Kit habang nakatingin kay Aries at Ella.

Tinignan ko si Ella na nakatingin din pala sakin. Para bang hinihintay nya ang pagsang-ayon ko. Gusto kong umo-o dahil yun ang kailangan ni Aries pero may bahagi ko ang natatakot. Magagalit sakin si Kuya.

"**A-anu... Sa t-tingin ko----.**" Hindi ko na natapos ang sasabihin ko dahil sa unti-unti'ng pagtaas ng kamay ni Aries.

Halos pagapang akong lumapit sa kanya. Meron syang binubulong na hindi namin maintindihan. Hinawakan ni Ella ang kamay nya at halos sabay kaming yumuko para marinig sya ng maayos.

"**S-si Jay-jay... W-wag...**" Sabi nya at huminga ng malalim. "**...p-palapitin... M-m-mykel.**"

Nagkatinginan kami ni Ella. Ayaw nya kong palapitin kay Mykel. Hindi ko alam ang dahilan pero wala akong balak sundin sya. Hindi pa sapat yung ginawa ni Ci-N sa kanya kanina. Dapat makaganti ako sa kanya.

Bigla nalang lumalim ang paghinga nya. Nataranta si Ella at hindi malaman ang gagawin. Pati ako kinabahan sa pagtaas at baba ng dibdib nya.

Shit! May sakit nga pala si Aries....sa utak----ay sa baga!

"**Dalin na natin sya sa ospital!**" Umiiyak na sabi ni Ella.

"**Sa kotse ko! Ngayon na!**" Sigaw ni Yuri at agad na binuhat nila Felix at Eren si Aries.

Sumunod naman kami agad sa kanila. Buti nalang at nay klase na kaya walang masyadong istudyante sa daan. Pagdating sa parking, sinakay agad nila si Aries sa backseat ng kotse kasama si Ella.

Sa passenger naman ako sa tabi ni Yuri na syang driver. Agad nyang pina-andar ang makina ng sasakyan. Panay ang iyak ni Ella habang pilit kinakausap si Aries.

Pati ako parang malapit na ring maiyak dahil sa itsura ng kapatid ko. Malalim ang bawat paghinga, puro dugo, sugat at pasa. Oo magkagalit kami pero hindi ko naman itatanggi na nag-aalala pa rin ako.

"**Aries! Malapit na tayo sa ospital!**" Umiiyak na sabi ni Ella.

"**Hold on Dude! Malapit na tayo!**" Sabi ni Yuri at napatingin ako sa kanya.

Dun ko lang napansin na parang nag-aalala din sya. Ngayon ko lang sya nakitang nag-alala para kay Aries.

Nakarating kami sa ospital. Si Yuri ang nagbuhat kay Aries para ipasok sa emergency room. Dumating ang mga Doctor at Nurse para asikasuhin sya.

"**Dun muna kayo... Kami na po bahala sa pasyente.**" Sabi ng isa sa nurse at sinara ang kurtina sa harap namin.

Napilitan kaming tumabi at pumwesto sa waiting area nila. Umalis si Yuri sandali para ilipat ang kotse sa parking area ng ospital. Habang naghihintay kami napatingin ako sa entrance at nakita ko si Percy.

Tumayo ako at bahagyang tinaas ang kamay ko para makita nya ko. Hindi naman ako nabigo dahil agad syang lumapit samin na puno ng pag-aalala.

"**Kamusta si Aries?**" Bungad sakin.

"**Nasa loob, inaasikaso nila.**" Halos pabulong kong sabi.

Tinignan nya sandali si Ella bago ako harapin ulit.

"**Tinawagan mo na ba si Angelo?**"

Mabilis akong umiling. Natatakot ako sa sasabihin nya. Baka sisihin nya ko sa nangyari. Hindi pa ko handa na makita kung panu sya magalit.

"**...anu kaba? Kailangan malaman to ng pamilya nyo.**" Nag-

aalalang sabi ni Percy.

"**N-natatakot akong h-harapin sila.**" Bulong ko sa kanya.

Ayoko kasing iparinig kay Ella. Alam kong alam nya ang nangyari sa engagement ko at ni Yuri. Baka sisihin din nya ko at ayokong magsimula ng gulo dito sa ospital.

Nagbuntong hininga sya ng ilang beses at napahawak sa sintido. Napatingin ako sa leeg nya, may ilang galos at marka kasi don na malamang nakuha din nya sa pakikipag-away kanina.

"**Bumalik ka na sa school nyo. Ako nalang tatawag kila Angelo.**" Sabi nya nilabas ang cellphone mula sa bulsa.

"**T-teka lang... G-gusto kong malaman l-lagay ni Aries.**" Nanginginig ang boses ko at parang malapit na ko maiyak.

"**Tatawagan nalang kita. Bumalik ka na sa school.**"

Napakagat ako sa ibabang labi ko. Gusto ko mag-stay dito. Gusto kong masiguro na magiging okay din si Aries.

Nag-dial ng number si Percy sa cellphone. Napaatras ako palayo sa kanya. Ayokong harapin si Kuya, natatakot ako.

Magiging si Hulk yun.

Tinignan ko si Ella na nakayuko at patuloy pa rin sa pag-iyak. Nag-umpisa ng manlabo yung paningin ko at lumalim ang paghinga ko.

Tumalikod ako sa kanila ng hindi nagpapa-alam. Malalaki ang bawat hakbang ko makalayo lang sa kanila. Hindi ko na magawang mag-sorry sa mga nabubunggo ko. Hindi ko na rin magawang tignan kung sinong masasalubong ko.

Hangang sa tumama ako sa katawan ng kung sino. Sa halip na lumayo sakin at magalit bigla nalang umikot ang mga bisig nya sa katawan ko. Gulat akon napatingin sa kanya.

Si Yuri...

"**What happened? Why are you crying?**" Nag-aalalang tanung nya.

Sa halip na magsalita tanging paghikbi lang ang naisagot ko. Kusa na ring yumakap ang mga braso ko sa kanya.

"**K-kasalanan kong l-lahat to.**" Sabi ko sa pagitan ng pag-iyak ko.

Wala na kong paki kung nasa opsital pa rin kami. Wala din akong paki kung pagtinginan kami ng mga tao. Mga abnormal sila kung feeling nila sa tele-drama kami.

Masama ba umiyak sa public?!

"**Sshhh... Wag kang mag-isip ng ganyan.**" Sabi nya at hinayaan akong sumiksik sa leeg nya.

Naipikit ko ang mga mata ko. Bakit kasi ang bait sakin ng taong to?! Gusto ata nyang maging Santo, nagpapaka-martyr. Sa lahat ng sinaktan sya yung literal na okay lang.

Tangina sa kabaitan! Magbahagi ka!

Unti-unti akong tumigil sa pagiyak. Hindi na ko nagsalita pa hangang sa ayain nya kong lumabas. Balak sana nya kong ayaing kumain pero agad kong nilinaw na kailangan na naming bumalik ng school.

Pumayag sya at pinaandar nya ang kotse patuloy sa school. Nagkakagulo pa rin ang mga istudyante kahit tapos na ang eksena kanina. Panay ang tsismisan nila pagdating namin.

"*Kawawa si Aries no?*"

"*Yabang kaya non! Bagay lang sa kanya yun!*"

"*Kala mo kung sino mahina naman pala.*"

Nagkuyom ang kamao ko at tinignan sila ng masama. Nang mapansin naman nilang nakatingin ako sa kanila. Matalim na irap ang ibinigay nila.

Naramdam ko ang kamay ni Yuri na humawak sa balikat ko. Tinignan ko sya.

"**Wag mo na silang intindihin.**" Sabi nya.

Nag-nod ako at naglakad papunta sa building namin. Malapit na kami sa room ng mapansin ko ang mga Ulupong at ibang mga istudyante na parang nagkakagulo.

Malas yata talaga ang araw na to!

Napatakbo si Yuri kaya ganun na rin ang ginawa ko. Paglapit namin nagsusuntukan si Calix at Mykel. Si Mica naman ay pinalilibutan nila David, Eren, Kit at Drew.

"**Sige pa! Pabagsakin mo!**" Sigaw ng kasama ni Mykel na mukang Section D.

Duguan ang muka ni Calix pero ayaw pa rin nyang tumigil sa kakasuntok at kakasipa.

"**Tama na!**" Umiiyak na sigaw ni Mica. "**...Tigilan nyo na si Calix!**"

Halos sabay kami ni Yuri na pumagitna sa kanila. Sinuntok ko sa muka si Mykel at napaupo sya sa sahig. Galit na galit ang mga tingin nya sakin.

Na-alarma ang mga kasama nya at tangkang susugod pero agad na pumagitna si Yuri.

"**STOP!**" Buong-buong sigaw nya.

Nakipag-palitan ng titig ang mga luko samin. Unti-unting tumayo si Mykel habang pinupunasan ang gilid ng labi.

"**Mykel... Why are you here?**" Mahinahong tanung ni Yuri.

Bahagyang tumawa si Mykel. "**Sinusundo ko lang si Mica.**"

"**Sinungaling!**" Sigaw ni Calix. "**...Tinangka mo syang halikan at pinipilit mo syang sumama sayo!**"

Tinignan ko si Mica na nakatago pa rin sa likod ng mga Ulupong. Halata ang takot sa kanya. Hindi ko na kailangan pang kumpirmahin ang ginawa ni Mykel.

Sa ugali nyang nyan. Mykeliling nga sya!

"**Umalis na kayo.**" Madiin kong sabi.

Nakangiting lumapit sakin si Mykel. Dinuro nya ko sa noo.

"**Hindi ikaw ang masusunod dito.**" Madiin din nyang sabi sakin.

"**Umalis ka na Mykel. Hayaan mo na si Mica dito.**" Sabi ni Yuri.

Sya naman ang binalingan ng Maykeliling na to. Nagtitigan sila na parang nagsusukatan ng tapang at tibay.

"**Nawala lang si Watson, kung maka-asta ka kala mo ikaw na pinaka-malakas dito. Anu bang kaya mong gawin? Ha? Hanamitchi?**" Naghahamong tanong nya.

Hindi sumagot si Yuri pero hindi inaalis ang tingin dito. Nang walang marinig na sagot tumawa ng tumawa ang Mykeliling. Pati mga kasama nya nagtawanan na rin.

Lahat sila may tama sa utak.

"**Wala ka pala eh!**" Mayabang na sabi ng isa sa Section D.

"**Kagaya ka lang din ni Aries.**" Gatong naman nung isa.

"**Anu bang aasahan nyo sa mga Section E na to!**" Sabi ni Mykel sa mga kasama nya. "**...matatapang lang yang mga yan kapag andyan si Watson. Eh wala sya ngayon! Edi nga-nga!**"

Malakas na tawanan ulit ang ginawa nila. Tinignan ko si Yuri na sarado'ng sarado ang kamao. Mahinahon ang itsura nya pero seryoso'ng seryoso.

Bwisit tong mga to! Hindi pa magsi-alis!

"**Tapos naba kayo?**" Inis na tanung ko. "**...Baka pwede na kayong**

umalis?"

Bigla nalang lumapit sakin si Mykel at kinuwelyuhan ako. Sobrang lapit ng muka nya sakin amoy na amoy ko ang hininga na amoy sigarilyo.

"Kanina ka pa! Napipikon na ko sayo!" Sabi nya sakin. **"...Pareho kayo ng pinsan mo. Nakaka-inis ang pagmumuka."**

"Bitiwan mo si Jay-jay." Utos ni Yuri.

Hawak pa rin ni Mykel ang kwelyo ng uniform ko. Tumingin sya kay Yuri at bahagyang tumawa.

"Make me." Paghahamon nya.

Akmang lalapit samin si Yuri pero bigla nalang akong hinatak ni Mykel palayo sa kanila. Nagkagulo ang mga Section D ng tangkain ng ibang Ulupong na tulungan ako.

Kinuha ng bwisit na to ang pagkakataon at hinatak ako palayo sa kanila. Sinubukan kong lumaban pero nahahatak ang uniform ko at kapag hindi napigilan mahuhubaran ako ng wala sa oras.

Makikita nila yung bayarin ko... Bill-bill!

"Anu ba! Saan mo ko daldalhin?!" Galit na tanung ko.

"I will teach you a lesson. You need to learn to respect the new King."

New King?! Self declared ba ito? Ang tigas ng muka nya! Pinabagsak nila si Aries para sabihin na sya na ang bagong Hari. Ang kapal!

Nakarating kami sa harap ng main building. Sa parehong lugar kung saan nila binanatan si Aries. Pabalibag akong binitiwan ni Mykel kaya tuloy-tuloy akong bumagsak sa sahig.

May ilang istudyante ang naka-kita samin at mabilis na tumakbo palayo. Dahan-dahan akong tumayo at ilang sandali lang ang nakalipas naglabasan na ang mga istudyante mula sa mga room

nila.

"**Anu na naman to?**" Iritang tanung ni Freya.

Tinuro ako ni Mykel habang palakad-lakad malapit sakin.
"**Napipikon na ko sa babaeng to.**"

Tinignan ako ni Freya at pinagtaasan ng isang kilay. Hindi ko sya pinansin. Pinili kong harapin si Mykel na pa-ikot-ikot at parang nag-iisip ng pwedeng gawin.

May mga teacher na dumadaan at nakiki-usyoso pero kapag nakikita nila ko o si Mykel pinipili nilang umalis nalang at magpatay malisya sa nakita.

Kaasar!

"**Hawakan nyo.**" Biglang sabi ni Mykel.

Dalawang lalaki na Section A ang lalapit sana sakin. Nataranta ako kaya nasipa ko agad sa sikmura ang isa sa kanila. Napatigil na yung isa at parang natakot.

"**Bwisit! Iisa lang yan! Babae pa! Tapos hindi nyo mahawakan!**" Galit na sigaw ni Mykel.

Hindi ko namalayan ang paglapit nya sakin. Huli na ng makita kong bumwelo sya ng suntok palapit sakin. Sinikmuraan nya ko.

"**Ugh!**" Inda ko kasabay ng pagluhod ko.

Malakas ang sigawan ng mga istudyateng nakakita sa ginawa nya. Mabilis namang nanlabo ang paningin ko dahil sa sakit. Nakaka-panglambot ng tuhod.

Umurong ata laman loob ko.

Hindi pa ko nakakabawi ng lakas ng sipain nya ko. Tumilapon ako at bumagsak sa sahig.

"**Pareho nga kayo'ng mag-pinsan! Walang kwenta!**" Sigaw nya sakin.

Lalapit na sana sya para sipain na naman ako pero isang suntok ang nagpabagsak sa kanya. Sa lakas ng suntok na yon, tumilapon sya.

Nanginginig ang mga braso ko habang pilit na bumabangon. Tinignan ko kung sinong may gawa non. Takot at gulat ang naramdaman ko ng makita ko sya ng maayos.

Ang tingin nyang parang handa ng pumatay ng tao. Ang buhok nyang saksakan ng gulo at parang nakipag-away sa suklay. Ang damit nyang simpleng tshirt at jeans lang. Ang muka nyang parang naghuhumindik sa galit.

Ang mga yon ang dahilan kung bakit muntik ko na syang hindi makilala. Kung bakit parang naging ibang tao....

Si Kuya Angelo.

Tumigil ang lahat sa nakita nila. Napatakbo ang ilang kalalakihan at meron namang sa sobrang takot ata ay naihi sa palda at pants.

Napatingin ako sa gilid nya ng dumating sila Yuri at ibang Ulupong. Mukang kakatapos lang nilang makipag-basag-ulo sa mga Section D. Nang makita nila si Kuya ay napahinto din sila.

"**K-kuya...**" Tawag ko sa kanya pero halos bulong lang yon.

Kasabay ng unti-unting pagtayo ni Mykel ang dahan-dahang paglapit sa kanya ni Kuya. Puno ng dugo ang ilong at nguso nya. Halata din ang pagkahilo dahil sa hindi makatayo ng maayos.

"**Who do you think you are?**" Mahinahong tanong ni Kuya sa kanya. "**...You beat down my brother and you hurt my cousin. Who do the fvck are you?...**"

Napaatras si Mykel ng magkasalubong ang mga tingin nila. Kahit ako matatakot din. Parang hindi si Kuya ang nasa harap ko ngayon.

"**...I will make you pay. I will make you wish that you we're never born. I will make you suffer. I will make you ask to die...**" Huminto si Kuya ilang dipa ang layo sa kanya. "**...You will feel hell, asshole.**"

Bigla nalang napaupo si Mykel kasabay non ang pagiyak nya dahil sa takot. Nagulat kami sa naging reaksyon nya. Isang suntok pa lang ang ginagawa sa kanya ni Kuya pero ganun na agad ang epekto sa kanya.

Idagdag pang parang kutsilyo sa talim ang tingin nya. Ni minsan ko pa nakitang ganito sya. Oo nakita ko na syang magalit non pero iba to.

Ibang-iba!

Sa hindi ko maintindihan na dahilan. Parang nakikita ko sa kanya si.....*Keifer.* Alam kong may pagkakahawig sa pagkilos at ugali sila Keifer, Yuri, Percy at Aries. Pero iba yung kay Kuya Angelo at Keifer.

Nagising ako sa pag-iisip ng may humawak sakin para alalayang tumayo. Si Yuri kasama si David at Felix.

"**Anung masakit sayo?**" Tanung ni Felix.

Umiling ako bilang sagot at muling tinignan si Kuya. Nanatili pa rin syang nakatayo sa harap ni Mykel.

"**S-sino ka b-ba sa t-tingin m-mo?**" Pagalit na tanung ni Mykel pero bakas ang takot.

Hinawakan ni Kuya Angelo ang kwelyo nya at nilapit ang muka sa kanya.

"**I am... Your worst nightmare.**" Sabi nya at patulak na binato si Mykel.

Mabilis na nilapitan ng mga Section A ang luko na nasa lupa at nanginginig ang tuhod. Panay naman ang bulungan ng iba pero halatang ayaw iparinig ang pinag-uusapan.

Humarap samin si Kuya. Napaatras ako ng sakin huminto ang tingin nya. Aaminin ko, natatakot ako sa kanya pero mas nakakatakot sya ngayon. Parang nanunuot sa kaloob-looban ko ang mga tingin nya.

"**Anung ginawa sayo ng hudlong na yon?**" Mahinahong tanong

nya.

Parang umurong ang dila ko at hindi ko magawang magsalita. Lalapit na sana sakin si Kuya pero isang uma-alingaw-ngaw na sigaw ng pangalan nya ang nagpatigil sa kanya.

Tinignan namin ang pinang-galingan non. Mula sa main building, lumalakad palapit ang Guidance Councelor gamit ang malalaki nitong hakbang.

"**Anu sa tingin mo ang ginagawa mo?!**" Sabi ni Ma'am. "**...Nanakit ka ng istudyante sa loob ng paaralan! Alam mo bang pwede ka naming kasuhan?!**"

Walang buhay ang mga mata ni Kuya na tumingin sa kanya. "**Then sue me.**"

Nang-gagalaiti sa galit ang councelor. Halos lumabas na ang ugat nito sa ulo dahil sa galit.

"**Ang kapal ng muka mo!**"

"**Baka may nakakalimutan ka.**" Mahinahong sabi ni Kuya pero unti-unting nagbago ang tingin nya.

Bumalik na naman ang mga tingin ni Kuya kanina. Kita ko ang takot ng Guidance Counselor pero pinilit nyang itago yon.

"**...Ako ang Hari sa lugar na to! Ako ang dahilan kaya buhay pa rin ang paaralan na to! Kung tutuusin pagma-may-ari ko na ang school na to pero heto kayo at binabastos ako!...**" Galit na sabi ni Kuya. "**...Sino ang makapal ang muka sa ating dalawa?!**"

"**Bastos ka!**" Sigaw ng Councelor habang nakahawak sa dibdib. "**...Kahit kelan wala kang galang!**"

Parang aatakihin sa puso si Ma'am.

Hinarap ko si Yuri. "**A-awatin mo si Kuya. Baka atakihin sa puso si Ma'am.**"

Napalunok si Yuri bago magsalita. "**You don't understand Jay...**

No one can stop your cousin."

Napakunot ang noo ko. No one can stop? Parang si Keifer pagnagalit. Muli naming tinignan sila Kuya.

"**Bagsak ka na Angelo. Wala ka ng ipagmamayabang samin kaya hindi mo na kami masisindak!**" Mayabang na sabi ni Ma'am. "**...Ang taas masyado ng tingin mo sa sarili mo!**"

Bahagyang tumawa si Kuya na pinagtaka naming lahat. "**Hindi ko kailangan ng kumpanya para manindak. Alam mo yan.... Baka naman gusto mong silaban ko ulit ang school na to tapos isama ko mga istudyante nyo.**"

Napaatras na ng tuluyan si Ma'am at parang namutla. Agad namang umalalay ang ibang istudyante para hindi sya bumagsak.

"**May tsismis dati na nasunog daw ang school na to dahil sa isang gulo. Pero wala akong ideya na may kinalaman si Angelo don.**" Sabi ni Yuri na hindi tumitingin sakin.

Mas lalo akong nakaramdam ng takot. Hindi ko alam na kayang gawin ni Kuya ang ganun. Sunugin ang school?!

"**I'm still the King.**" Nakangiting sabi nya.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ++

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 222

Island

Jay-jay's POV

Nag-iisa na naman ako. Yung pakiramdam ko dati eto na naman. Yung pakiramdam na hindi ako katanggap-tanggap. Sa pagkakataon na to hindi sa mga kaklase ko kundi sa pamilyang nag-aalaga sakin.

"**Stable na ang vitals ng pasyente. Wala na rin kayong dapat ipag-alala sa damage tissue sa baga nya, maganda ang respond non sa gamot na ibinigay namin sa kanya.**" Sabi ng Doctor kay Tita Gema.

Agad namang nakahinga ng maluwag sila Tito Julz at Kuya Angelo. Ganun din sana ang dapat kong naramdaman pero nana-naig sakin ang pagiging guilty.

Dahil kahit saan tignan. Sakin nagsimula ang lahat.

"**...I suggest longer body rest for the patient. Maganda ring magkaroon sya ng kaunting exercise.**" Patuloy ng Doctor.

May mga bagay pang itinanung sila Tita Gema na hindi ko na naintindihan. Tinignan ko si Ella na mahigpit ang hawak sa kamay ni Aries. Hindi nya inaalis ang tingin dito.

"**I'm sorry.**" Bulong ko habang pinagma-masdan sila.

Abala ang lahat sa pagka-usap sa doctor. Kinuha ko ang pagkakataon para lumabas ng kwarto. Pinunasan ko din ang luhang naka-abang sa mata ko.

"**Jay-jay.**" Tawag sakin ni Percy na nakasandal sa pader sa tabi ng pinto.

Alam kong kanina pa sya nandito. Hindi sya umalis kahit na dumating sila Tita.

"**B-bakit hindi ka pa umuuwi?**" Sabi ko habang nama-maos ang boses.

Kanina ko pa kasi nilalabanan ang pagluha ko. Pakiramdam ko kasi ang hina-hina ko na. Para bang wala akong kalaban-laban sa mga nangyayari sakin.

"**Anung sabi sayo ni Angelo?**" Tanung nya.

Umiling ako. Wala syang sinabi mula pa kanina na nang-galing kami sa school. Gusto ko na sanang dumiretso sa bahay pero sa ospital ako dinala ni Kuya.

Ngumiti si Percy at hinawakan ako sa ulo. "**Stress na stress ka masyado. Kain muna tayo.**"

Hindi na ko nagsalita pa at agad na sumunod sa kanya. Parang ginutom ako ng mga nangyari kanina. Natatakot na tuloy ako bumalik sa school dahil sa mga sinabi ni Kuya sa Guidance Councelor namin.

Sa isang fast food malapit sa ospital kami pumunta ni Percy. Sya na rin ang umorder para sakin. Habang kumakain malalim pa rin ang iniisip ko.

Hindi ko na kasi talaga alam ang gagawin ko.

Gusto kong paki-usapan ang pamilya ni Yuri. Pero parang sobrang kapal naman ata ng muka ko non. Matapos kong sagot-sagot ang Head Master nila. Isama pa yung pakiki-usap ng Mama ni Yuri na hindi ko pinansin. Anu pang muka ang ihaharap ko sa kanila.

Pwede ko kayang iharap ang muka ni Author?

(**A/N:** tangina neto! Baka ma-inlove sakin si Yuri.)

Nag-uumpisa na kong magsisi kung bakit pinili kong wag ituloy ang kasal. Pero kung magpapatuloy naman ako, alam kong hindi ako magiging masaya at pwedeng ganun din si Yuri.

"**Hindi na pala tuloy ang kasal nyo ni Yuri.**" Biglang sabi ni Percy kaya napatingin ako sa kanya.

"O-oo... May kasunduan kami ni Yuri. Ititigil na nya yung engagement kapalit ng pagsisimula namin." Walang buhay kong paliwanag.

"Hmm... No wonder why Angelo suddenly act like that."

Bahagyang kumunot ang noo ko. **"Act like... What?"**

"Like he was the most miserable guy in the planet. Yung mga mata nya... Kapareho nung unang beses ko syang makita."

Napayuko ako. Na-gi-guilty na naman ako. Kung pwede lang akong gumawa ng paraan. Kung pwede lang sana ako makatulong ng hindi kailangan ng kasal.

"Asan yung kwintas na niregalo ko sayo?"

Taka akong napatingin sa kanya. Seryoso ang tingin nya sakin habang naghihintay ng sagot ko. Kinuha ko ang bag ko at binuksan yun. Kinuha ko ang kwintas sa secret pocket sa loob.

Hindi ko pa man din nai-a-abot sa kanya yon ng tuluyan, hinablot na agad nya sa kamay ko. Nabigla ako pero mas nabigla ako ng alisin nya ang singsing na bigay ni Yuri.

Binalik nya sakin ang kwintas. **"Suotin mo."**

Ang totoo, hindi ko na sinuot ang kwintas dahil masama ang loob ko sa kanya non. Nung araw na tawagan ko si David para magpadala ng mensahe kay Percy, tinanggal ko na ang kwintas sa leeg ko.

Hinintay nyang suotin ko yun ulit bago magsalita.

"Ako na ang magbabalik nito sa kanya."

"B-bakit?"

"Gusto ko lang at kung pwede lang, layuan mo na sya."

Tuluyan ng nagsalubong ang kilay ko. Hindi ko maintidihan ang inaasta nya. Agad kong kinuha ang singsing sa kamay nya.

"Anu bang problema mo? Bakit ganyan ang ina-asta mo?" Iritableng tanung ko.

Seryoso nya kong tinignan. **"Dahil ayoko si Yuri para sayo."**

"Bakit?"

Umiwas sya ng tingin. **"Sakin nalang muna yon."**

Malapit na kong mapikon sa ginagawa nya. Akala ba nya hindi ko nahahalata na may tinatago sya sakin. May mga bagay syang halatang ayaw nyang ipa-alam. Eto naman ako at mukang tangang naghihintay na magsalita sya.

Dali-dali akong tumayo at naglakad palabas ng restaurant. Mabilis naman syang sumunod sakin.

"Jay-jay." Tawag sakin.

Hindi ako huminto sa paglalakad. **"Umuwi ka na Percy. Baka hinahanap ka na ni Felix."**

"Anu bang problema?" Iritang tanung nya.

Mabilis ko syang hinarap at tinitigan ng masama. Wala akong paki kung pagtinginan kami ng mga naglalakad.

"Ikaw ang problema! Naiinis ako sayo dahil ayaw mong magsabi sakin ng totoo!"

"Dahil hindi mo naman kailangang malaman lahat agad."

Natigilan ako sa sinabi sya. Oo nga naman. Sino ba naman ako para sabihan pa nya ng mga bagay na yon.

"Hindi lahat ng bagay tungkol sayo Jay. At yung mga bagay na yon, kailangan pa naming ayusin bago ipaalam sa iba." Paliwanag nya tsaka naglakad at nilagpasan ako.

Nakagat ko ang ibabang labi ko dahil sa inis. Hindi ko na tinignan kung saan sya pumunta. Bumalik ako sa ospital at tumuloy sa kwarto ni Aries.

Nakakainis!

Nasa tapat na ko ng pinto ng kwarto ni Aries ng bigla bumukas yun. Bumungad si Ella at Kuya Angelo na mukang palabas ng kwarto.

"**Sumabay ka na samin. Uuwi na kami.**" Walang buhay na sabi ni Kuya.

Napayuko ako. "**Mag-papa-alam lang ako kay Tita.**"

Hinayaan nya kong pumasok sa loob. Nakaupo si Tita Gema sa tabi ng kama ni Aries. May kausap naman sa phone si Tito Julz.

Lumapit ako kay Aries na tadtad ng bandage ang muka. Nangingitim din ang ilang parte ng muka nya. Nakakapang-lumo ang itsura nya.

"**Jay-jay...**" Tawag sakin ni Tita habang nagpipilit ng ngiti. "**...Sumabay ka na kila Kuya Angelo mo. Uuwi na sila.**"

"**T-tita...**" Hindi ko napigilan ang pag-garalgal ng boses ko. "**...s-sorry po. Kasalanan ko po kung bakit sinaktan si Aries ng mga kaklase nya.**"

Hinawakan ni Tita ang kamay ko. "**Wag mo sisihin sarili mo. Wag na wag mong gagawin yan.**"

"**Tama ang Tita mo.**" Singit ni Tito Julz. "**...Sila ang may gustong gawin to kay Aries. Hindi naman ikaw.**"

"**P-pero po kasi....**" *Kung hindi itinigil ang kasal, hindi kayo naghihirap, mataas pa rin tingin kay Aries.*

Hindi ko na magawang ituloy ang gusto kong sabihin dahil sa paghigpit ng hawak ni Tita Gema sa kamay ko. Ngumiti sya sakin na parang sinasabi na '*okay lang ang lahat*'.

Pinilit kong gantihan ang ngiti nya. May ilang sandali pa kaming nag-usap bago ako hayaan na umalis. Si Ella ang naghihintay sakin sa labas ng kwarto. Tahimik kami pareho habang naglalakad papunta sa parking.

Akala ko nasa kotse na si Kuya Angelo pero wala sya don pagdating namin. Inikot ko ang paningin ko at nakita ko sya sa isang sulok na nanini-garilyo.

Ngayon ko lang sya nakitang na-nini-garilyo.

"**Puntahan ko lang si Kuya.**" Sabi ko kay Ella at hindi na hinintay ang sagot nya.

Napatingin si Kuya sakin ng makita nyang papalapit ako. Mabilis din nyang tinapon ang sigarilyo'ng hawak.

"**Wag mong sasabihin sa iba na nakita mo ko'ng ganito.**" Sabi nya.

"**Bakit ka naninigarilyo?**"

"**Pan-tanggal stress lang.**" Walang buhay nyang sabi. "**...Tara na. Ihahatid pa natin si Ella.**"

Magkasunod kaming bumalik sa kotse. Binuksan nya yun at pumwesto sa Driver's seat. Sa passenger naman ako at si Ella sa backseat.

Walang nagsasalita, napaka-tahimik. Nakakabingi ang katahimikan at kung anu-anu ang naglalaro sa isip ko. Hindi ako komportable.

Huminto kami sa harap ng isang bungalow house. Simple lamang yun at hindi ganun kabongga. Bumaba si Ella at nagpasalamat kay Kuya.

Ngayon ko napagtanto na totoo ang sinasabi nila na hindi mayaman si Ella. Napaka-simple lang ng pamumuhay nila----*na ginagawa nyang komplikado.*

Nakarating kami sa bahay. Pasalpak na naupo si Kuya sa Sofa at pumikit. Walang sumalubong samin kaya malamang na tulog na ang mga maid.

"**Magpahinga ka na.**" Sabi nya ng hindi tumitingin sakin.

Pero hindi ako gumalaw. Tinignan ko sya habang binubuo sa isip ko

ang sasabihin sa kanya.

"**K-kuya----.**"

"**Wag mo ng ituloy.**" Putol nya sa sasabihin ko. "**...Gusto ko ng magpahinga.**"

Napahiya ako sa sarili ko. Pumunta na ko sa kwarto ng hindi nagsasalita. Pagsara ng pinto, bumuhos lahat ng luha na kanina ko pa pinipigilan.

Napaupo ako sa sahig at niyakap ang tuhod ko. Ang hina ko talaga! Kahit kelan wala na kong nagawang tama sa mga taong nakapaligid sakin.

Malas yata ako talaga.

Nung una si Lola, ngayon naman sila Tita Gema at Kuya Angelo. At sino namang sunod na mamalasin dahil sakin?

Narinig kong tumunog ang cellphone ko. Kinuha ko yun mula sa bag at isang text message ang dumating.

To: *GagongBaliw*
Message: *Missing you now.* 😢

Pinunasan ko ang luha ko at mabilis na tinawagan ang number ng GagongBaliw. Umabot pa ng apat na ring bago nya sagutin.

"**Wag ka muna'ng magsasalita.**" Bungad ko pagkasagot nya ng tawag ko. "**...makinig ka lang please. Pakinggan mo lang ang sasabihin ko. Yun lang ang kailangan ko.**"

Wala akong narinig na sagot mula sa kanya kaya pinagpatuloy ko ang pagsasalita.

"**Napahamak yung kapatid dahil sakin...**" Huminga ako ng malalim para pigilin ang luha ko. "**...K-kasi, pinili kong hindi ituloy yung kasal na inayos nila para sakin. Pero m-malaki ang naging kapalit non...**" Pinunasan ko ang ilang takas na luha mula sa mata ko. "**...Naghihirap na yung pamilyang tumulong sakin. Bumaba ang tingin nila sa Pinsan ko at pati sa kapatid ko.**"

Hindi ko na napigilan. Nagsimula na naman akong umiyak na parang bata. Pati sipon ko humahalo na sa luha ko sa pagbagsak. Ayokong iparinig sa kanya ang paghihirap ko kaya pinatay ko ang tawag pero segundo lang ang binilang ng magtext sya.

To: *GagongBaliw*
Message: *Please continue. Tell me everything.*

Hindi ko na sana papansinin pero bigla syang tumawag. Hindi ko sinagot pero tumawag na naman sya. Naka-ilang tawag sya bago ko napag-desisyunang sagutin.

"**S-sorry kung na-istorbo kita... Wala k-kasi akong maka-usap tungkol dito.**" Sabi ko habang patuloy pa rin sa pag-iyak. "**...pakiramdam ko napaka-hina ko. Malas ako at puro mali ang ginagawa ko. Lahat nalang ng mahalaga sakin napapahamak dahil sa mga ginagawa ko. Kahit hindi nila sabihin, alam kong sinisisi nila ko.**"

Sa hindi ko maintindihan na dahilan. Unti-unting humihina ang pagiyak ko. Parang kusang tumitigil yon kahit hindi ko pigilan.

"**Pakiramdam ko nag-iisa lang ako. Wala akong pwedeng masandalan. Ngayon lang ako nahirapan ng ganito kahit dati ko pa nararamdaman na parang nag-iisa lang ako. Siguro kasi...**" *Wala sya dito sa tabi ko.*

Gago na kung gago. Bobo na kung bobo pero malaking bahagi ko ang hinahanap sya at gustong makita.

"**...Keifer.**" Bulong ko at bigla nalang namatay ang linya.

Hindi ko na intindi kung bakit. Halos pagapang akong lumapit sa kama at nahiga. Ni-hindi ko na nagawang magpalit ng damit at dahil sa sobrang pagod kusa akong nakatulog.

Kinubakasan ng magising ako masama ang pakiramdam ko. Nilalagnat ako at parang may mabigat sa lalamunan ko.

Pinilit kong bumangon at dumiretso sa banyo. Kailangan kong pumasok sa school. Eto nalang ang tama kong magagawa para kila Tita Gema. Naligo ako at nag-ayos kahit parang may mabigat na

bagay ang nakadagan sa ulo ko.

Pagpunta ko sa Dining, walang tao. May nakahandang pagkain para sakin. Pinilit kong lamnan ang tyan ko at nanghingi rin ako ng gamot sa isa sa mga maid nila Tita.

Anak nang.... Ngayon pa talaga ako nagkasakit.

Naglalakad na ko palabas ng bahay ng may makita akong tao sa gate. Naka-ilang hakbang pa ko bago sya tuluyang makita ng maayos. *Si Yuri.*

"**A-anung ginagawa mo dito?**" Bungad ko sa kanya.

"**Sabay na sana tayo pumasok.**" Pinag-masdan nya ko. "**...okay ka lang ba? Namu-mutla ka.**"

Ayokong makipagtalo. Mabigat ang ulo ko at walang kahit na anung pumapasok sa isip ko. Wala akong baon na pambara sa kanya. Lumapit ako sa kotse nya at binuksan ang pinto sa passenger seat. Sumakay ako ng walang kahit na anong salita ang lumabas sa bibig ko.

Mabilis naman syang sumakay sa passenger at pina-andar ang kotse. Panay ang sulyap nya sakin kahit hindi ko sya nakikita ng maayos. Sa kakatingin nya, hindi nya namalayannna huminto ang mga sasakyan sa harap nya.

Halos madurog ang preno sa pagtapak nya don. Muntik na ko masubsob sa harap at tumilapon naman ang bag ko. Nagkalag-lag ang gamit ko dahil hindi pala naka-sara yung zipper.

Badtrip! Tanga yung bag hindi sinira zipper nya.

Namulot ako ng namulot ng laman ng bag ko. Ang daming basura ng mga pinag-kainang chutchirya.

"**Sorry.**" Sabi ni Yuri at tangkang tutulungan ako pero pinigilan ko sya.

"**Mag-drive ka nalang.**" Sabi ko at pinagpatuloy ang pag-putol ng kalat.

Pati ilalim ng kinauupuan ko kinapa ko na. Aksidente kong nahawakan ang isang bagay na parang gawa sa plastic at papel. Akala ko galing sa bag ko kaya kinuha ko at napataas ang isang kilay ko ng makitang isang kaha yun ng sigarilyo.

Napatingin sakin si Yuri. "**K-kay Keifer yan.**" Mabilis nyang sabi pero parang gusto nyang bawiin ng magpagtanto ang pangalang binanggit nya.

Natitigan ko ang kaha. Bawas na ng ilang piraso ang sigarilyo. Bigla tuloy pumasok sa isip ko kung ilang sigarilyo ang nauubos nya sa isang araw.

Anu bang lasa ng sigarilyo'ng to at eto ang gusto nyang brand?

Kumuha ako ng isang stick at sinubo yun pero wala akong balak sindihan. Bahagyang nagulat si Yuri sa ginawa ko pero huminahon din ng makitang subo ko lang yun.

Gusto ko lang malaman ang nararamdaman nya kapag may subo syang sigarilyo.

"**Tingin mo...**" Wala sa sariling sabi ko. "**...K-kelan babalik si Keifer?**"

Kasi baka totoo yung sinabi ni Blaster at hindi na sya bumalik.

"**I don't know.**" Walang buhay nyang sagot.

Siguro wala syang pinag-sabihan ng pag-alis nya. Kahit bestfriend nya hindi rin nya binilinan o kina-usap man lang. Baka talaga hindi na sya aalis.

Baka talagang hindi na nya ko babalikan. Parang may kung anung kumirot sa puso ko. Binalik ko ang isang stick sa kaha at nilagay yun sa bag ko.

"**Hindi mo ba sya nakausap bago sya umalis?**" Tanung ko ulit habang nakatingin sa labas.

"**No. We never had the chance.**"

"Mako-contact mo ba sya?"

"He's not responding."

Napapikit ako. Bukod sa sakit na nararamdaman ko sa dibdib ko sumasabay din ang sakit ng ulo ko. Naiiyak ako sa bawat pag-galaw ko at pagkirot nito.

Kainis na sakit to! Kailangan talaga tyempo?

Napahawak ako sa sintido ko. Kasabay din non ang pagpatak ng ilang luha galing sa mata ko habang nakapikit ako.

Bwisit kasing sakit to! Sakit na nga sa katawan, sakit pa sa kalooban. Anu gusto? Suntukan? Hindi ako umiiyak dahil Keifer, umiiyak ako dahil sa sama ng pakiramdam.

"Jay... May masakit ba sayo?!" Tarantang tanong ni Yuri.

Madami! Madami akong sakit!

Naramdaman ko ang paghinto ng kotse. Bigla nalang nya kong hinawakan sa leeg kaya napadilat ako at kasabay non ang panlalabo ng mata ko na halos magpabulag sakin.

"Shit! Mainit ka!" Gulat na sabi nya at mabilis na pina-andar ang kotse.

Akala ko kung anung gagawin nya pero bigla nalang nyang hininto sa harap ng ospital ang kotse. Bago pa ko maka-protesta, nakababa na sya at binibuksan na ang pinto ng passenger.

"A-anu bang----." Hindi ko na natuloy ang sasabihin ko dahil bigla nalang nya kong binuhat bridal style.

Kita'ng-kita ko ang pag-aalala sa muka nya. Panay din ang tawag nya ng nurse na aasikaso sakin hangang sa ibaba ako sa isang kama sa emergency room.

"Kami na po ang bahala dito." Sabi ng isang nurse.

Bahagyang lumayo si Yuri habang pinapanood ang mga nurse.

Samantalang ako hindi inaalis ang tingin sa kanya.

Bakit ka ganyan Yuri? Naiinis ako sayo.

Naiinis ako sayo kasi ang bait mo. Naiinis ako sayo kasi ako pa yung minahal mo. Naiinis ako sayo kasi alam mo namang wala kang pag-asa pero heto ka pa rin. Naiinis ako sayo kasi para akong nakatingin sa salamin at ikaw ang repleksyon ko.

Ipinapakita kung ganu ako katanga sa pagmamahal. Bakit kasi ganito? Bakit kailangang maging komplikado? Hindi ba pwedeng magligawan lang tapos magkakaibigan tapos mag-jowabels na? Bakit kailangang maghirap kami pareho ng ganito?

Pakners kami sa katangahan. Pagkatapos dito magtatayo ako ng club para saming dalawa.

SLC.... Shunga Lovers Club.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. 😊 + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 223

A/N: Astig ba ni Angelo? Panu pa kaya kapag sila ni Keifer na ang magharap?

Pero mas astig si Percy. 🌽🌽

Sorry for the wrong grammar and spelling.

Ang sisipag ng mga Tropapips ko! Maraming salamat po sa cover na ito Johannamae_16


Ang
Mutya ng
Section-E
(Dark Side)
BY:EATMORE2BEHAPPY

Ang Mutya ng Section-E
(Dark Side)
BY:EATMORE2BEHAPPY

Ang Mutya ng Section-E
(Dark Side)
BY:EATMORE2BEHAPPY

Ang Mutya ng Section-E
(Dark Side)

BY:EATMORE2BEHAPPY


Ang Mutya ng Section-E
(Dark Side)
BY:EATMORE2BEHAPPY

Ang Mutya ng Section-E
(Dark Side)
BY:EATMORE2BEHAPPY

Ang Mutya ng Section-E (Dark Side)

BY:EATMORE2BEHAPPY

Ang Mutya ng Section-E
(Dark Side)
BY:EATMORE2BEHAPPY



Her concern

Jay-jay's POV

Ilang araw na kong kumakain ng mag-isa sa Dining. Umaga at gabi na ako lang at ako lang ang kasalo ko. Ni-anino nila Tita Gema at Kuya Angelo hindi ko naabutan sa bahay. Kahit si Mama na

kakadating lang hindi ko din nakita.

Maleta lang nya ang nakaharap ko.

Kahit yung pagkakasakit ko hindi na rin nakarating sa kanila. Buti nalang at hindi rin ako na-confine ng araw na yon. Salamat kay Yuri na umasikaso ng lahat.

Kakatapos ko lang maligo at nag-aayos na din ako ng marinig ko ang pagtunog ng phone ko. Dalawa lang ang nasa isip ko na magt-text sakin.

Si Yuri o yung GagongBaliw.

Kinuha ko ang phone ko. Yung ikalawang tao na inaasahan ko ang nagtext sakin.

To: *GagongBaliw*
Message: *Good morning! Take care of yourself.*

Naging daily routine ko na yata ang pagbabasa ng text nya. Hindi ko na binabawalan na magtext sakin. Parang naging bahagi na rin sya ng cellphone ko.

Kagaya ng lagi kong ginagawa hindi ko na sya ni-replayan. Nagpatuloy ako sa pag-aayos at mabilis na lumabas ng kwarto ko. Naglilinis ng bahay ang mga maid nila Tita.

"**Alis na po ako.**" Paalam ko sa kanila.

"**Ingat.**" Sagot naman nila sakin.

Paglabas ng gate hindi na ko nagulat ng makita si Yuri na nag-aabang sakin. Nakasandal sa kotse nya habang hawak ang cellphone.

Lumapit ako sa kanya at agad naman nya kong napansin. Ngumiti sya sakin at binuksan ang pinto ng passenger seat.

"**Good morning.**" Bati nya pa.

"**Walang good sa morning.**" Kuwaring pagtataray ko.

Tinawanan lang nya ko bago isara ang pinto. Hindi ko masasabing okay na kami ng ugok na to pero binigyan ko na rin sya ng chance kagaya ni Ci-N. Sila'ng dalawa naman kasi talaga tong mapursige na suyuin ako.

Ipinaliwanag na rin nya ng maayos na narealize na nya yung mali nya. Maililigtas nga nya ko sa plano ni Keifer dahil sa kasal pero maitatali naman nya ko sa panibagong problema.

Sinabi din nya na noon pa nya gustong bawiin ang kasal dahil sa nakikita nya sakin pero hindi nya magawa agad-agad. Sinubukan kong itanung ang sinabi ng pamilya nya nung iatras ang kasal pero hindi nya ko sinagot.

Pakiramdam ko hindi naging maganda ang resulta non sa kanya.

"**May gagawin ka ba mamaya?**" Tanung nya.

"**Dipende.**" Mabilis kong sagot.

Taka nya kong tinignan sandali. "**Panung dipende?**"

"**Dipende kung aayain mo ko kumain, wala akong gagawin. Pero kung galaan lang, meron akong gagawin. Marami pa nga eh.**"

Dinig ko ang mahinang pagtawa nya. Akala ata nya nagbibiro ako. Seryoso ako, kaya kong ibakante ang oras ko kung usapang pagkain yan pero kung hindi, marami akong gagawin.

"**Aayain kita sa isang Japanese Restaurant.**" Sabi nya.

"**Yun! Wala akong gagawin, available ako.**" Mabilis kong sagot.

Natawa na naman sya. Nakarating kami sa school at hinintay ko syang makapag-park bago bumaba ng kotse. Parang karaniwang araw lang sa school ngayon.

Mabilis na humupa ang usapin tungkol kay Aries at Mykel. Maging yung pagdating ni Kuya at pagbabanta sa Guidance Councilor namin hindi na rin pinag-usapan.

Natakot yata sila kay Kuya.

Andun pa rin yung Demolition Notice keneme sa tabi ng building namin. Walang nakalagay na date kung kelan sisimulan.

Nagpatuloy nalang ako sa paglakad papunta sa room. Nakasunod lang sakin ang Yuri at pagpasok sa room parang may Mali.

May mali talaga!

Nawawala yung ilang pares ng Tables at Chairs. Sobra-sobra yun dati kaya nga madali lumipat ng upuan pero ngayon, sakto para saming lahat.

16 sila at kung isasama ako 17 na. Ang tanging bakanteng upuan lang ay yung pwesto nung Hari sa likod at yung dating pwesto ko sa gitna kung saan katabi ko si David at Ci-N.

"**Bakit... Ganito.**" Bulong ko sa sarili ko.

"**Good morning Jay!**" Buong galak na bati ni Ci-N habang tumatakbo palapit sakin.

"**Anung nangyari? Bakit kulang-kulang na yung mga lamesa?**" Tanung ko sa kanya habang tinuturo yung mga lamesa.

"**Hindi kulang-kulang. Sakto-sakto.**" Paglilinaw nya at napataas naman ang isang kilay ko. "**...Kasi dati sobra-sobra kaya ngayon sakto-sakto na.**"

Wew...

Dahil sa ayos ng mga upuan. No choice ako kundi bumalik sa pwesto ko sa gitna. Buong galak naman akong hinatak ni Ci-N at inalalayan sa pag-upo.

Muntik na kong mapangiti ng makita ko yung silya. Nakadikit yung retaso ng palda ko. Eto kasi yung bangko kung saan dumikit yung palda ko dati.

Pinili ko nalang hindi pansinin yun. Inayos ko na rin ang gamit ko. Napatingin pa ko kay David ng mapansin kong nakatingin sya

sakin.

Ngiting aso ang Gago.

"**Bakit ganyan ka maka-ngiti?**" Iritang tanung.

"**I miss having you as my seatmate.**" Sabi nya.

Tinaasan ko sya ng isang kilay. Miss? Eh lagi kaya syang tulog nung magkatabi kami. Kapag may pagkain lang syang naamoy gumigising. Tuktukan ko kaya to?

Pagtingin ko naman sa kabila si Ci-N ang naka-bungad sakin. Ngiting tuwa'ng-tuwa ang Batang Kumag.

"**Na-miss ko yung ganito.**" Sabi nya habang tuma-taas-taas pa ang kilay.

May hindi naka-inom ng gamot.

Napangiwi nalang ako. Nung tignan ko naman ang paligid lahat sila naka-ngiti din sakin. Kumunot ang noo ko sa kanila.

Anu akala nila okay na ko at ang ginawa nilang kalokohan sakin. Oo, binigyan ko ng chance si Yuri at Ci-N pero hindi ibig sabihin non sila din.

Ang tigas ng mga muka nyo!

Dumating si Sir Alvin kaya napilitan silang humarap sa kanya. Kahit si Sir nagulat din sa naging ayos ng mga lamesa pero pinili nalang nyang hindi pansinin.

Habang nagka-klase, may maliit na bagay na tumatama sa ulo ko. Tinignan ko naman yun pero wala. Nagpatuloy yun hangang sa sumunod na subject. Pagtingin ko maliit na papel na binilog-bilog.

Niligid ko naman yung paningin ko pero mga patay malisya ang mga hudas. Bakit pakiramdam ko nangyari na to? Dé javu?

Habang tumatagal ang klase lalong naragdagan ang mga maliit na papel na tumatama sakin. Nag-sisimula na kong mapikon sa

ginagawa nila.

Anu na naman kayang trip nitong mga to?

Dumating ang oras ng lunch. Pakalaglag tulok pa yung tunog ng bell sa labas. Mabilis na hinawakan ni Ci-N ang kamay ko bago pa ko makatayo.

"**Dito ka kakain.**" Buong galak na sabi nya.

Bago pa ko maka-protesta, pinalapit na nya kong pilit kay Eman na kasalukuyang naghahanda ng tanghalian.

"**H-hindi pwede.**" Sabi ko at tinignan naman nila ko. "**...May naghihintay sakin.**"

"**Hindi sya darating.**" Sabi ni Felix habang nakangiti. "**...Tinext ko si Kuya sabi ko dito ka samin sasabay.**"

Napairap ako sa sinabi nya. Hindi ako kakain dito. Kapa ginawa ko yun para ko na ring sinabi na panalo sila at talo ako. Hindi ko pa rin sila napapatawad.

Marahas akong umalis sa pila at padabog na naupo sa pwesto ko. Kainis! Kumakalam ang sikmura ko pero titiisin ko, alang-alang sa pride.

Pride, Surf at Tide. Minsan Bonux at Ariel.

"**Tara na Jay. Kain na.**" Aya sakin ni Drew.

Inirapan ko sya. "**Wag mo ko kinakausap, hindi tayo close.**"

Kamot batok lang naman sya habang naglalakad palayo sakin. Buset! Hindi ka pa nga bayad sa utang mo ko sakin. Animal na to! Umabot na kami sa Part Two at lahat-lahat.

Hindi nagtagal may nagbaba ng pagkain sa harap ko. Nilagang---kung anung hayop na pwedeng ilaga---pala ang ulam namin, so automatic may mais.

Parang yung mga Joke ni Author. Mais! 🌽 🌽

Tinignan ko kung sinong hudas ang nagbaba sa harap ko non. Nakangiti si Yuri habang nakatingin sakin.

"**Kain na.**" Sabi nya pero umiling agad ako. "**...Bakit?**"

"**Pagkinain ko yan, talo ako.**" Mabilis kong sabi at napa-buntong hininga naman sya.

Napatingin ako sa pintuan ng makita ko si Josh na may dalang plato na puno ng pagkain. Alam kong hindi para sa kanya yun. Para yun sa alaga nyang pusa na pinangalanan ni Ci-N na Edy kasi daw EvereaDY.

May ideyang pumasok sa isip ko. Mabilis akong tumayo at kinuha yung plato. Lumabas ako ng hindi nililingon ang mga Ulupong kahit tinatawag nila ang pangalan ko.

Nakita ko si Josh sa gilid ng building namin kung saan mapuno. Nakaupo sya sa isang malaking ugat habang pinapakain ang pusang itim.

"**May kailangan ka ba?**" Tanung ni Josh ng hindi lumilingon sakin.

Lakas ng pakiramdam nito! Creepy mo boooy!

"**Ibigay mo kay Edy.**" Sabi ko habang inaabot sa kanya ang plato.

Tumayo sya ng hindi pa rin lumilingon sakin. "**Masarap pumwesto dito kasi walang masyadong maka-ka-kita.**" Umikot sya at nakangiting naka-harap sakin. "**...kung gusto mo syang paka-inin, ikaw ang gumawa.**"

Naglakad na sya pabalik ng room pero bago pa sya makalagpas sakin meron syang sinabi.

"**Enjoy feeding Edy.**" Sabi nya na parang may ibang meaning.

Tuluyan na syang umalis at iniwan ako mag-isa. Hindi ko gets ang trip nya at parang may masamang espirito na naman ang sumasapi sa kanya.

Baka na-impakto?!

Hinarap ko si Edy na kasalukuyang kumakain. Ibaba ko na sana ang plato sa harap nya ng biglang kumalam ang sikmura ko. Ang pangit pa ng tunog parang nagsusumigaw ng '*Pagkain! Pagkain! Pagkain!*'.

Tinignan kong mabuti yung hawak kong pagkain. Kapag kasi kinain ko to, talo ako. Sumusuko na ko sa paligsahan ng pataasan ng pride. Pero kung hindi ako kakain, sasakit ang tyan ko at babaho ang hininga ko.

Baka magreklamo yung batang kumag.

Tinignan ko yung paligid. Tama nga si Josh, walang makaka-kita sakin dito. Lingon ulit ako bago maisipang lumapit sa bench sa hindi kalayuan. Naupo ako at sumubo ng kanin at ulam.

Isang subo, pero wala akong malasahan. Isa pa ulit pero parang matabang. Isa ulit at medyo nalalasahan ko. Nguya-nguya ng kaunti at.....subo ulit.

Napatingin ako sa paanan ko ng makita ko si Edy na nakatingin sakin. Nag-meow pa sya na parang nanghihingi ng dala ko.

"Gusto sana kita bigyan, kayalang gutom ako. Baka ikaw kainin ko sige ka." Sabi ko sa kanya.

Dinilaan lang nito ang paa at pinunas sa muka. Binalikan ko yung pagkain ko. Tama nga talaga ang Creepy Boooy na yon. Walang maka-kakita na kumakain ako dito.

Sa ganoong paraan hindi ako matatalo sa paningin nila. Sasabihin ko nalang na binigay ko kay Edy ang *foooood*. Kaya pala ganun nalang ang sinabi nya sakin bago sya umalis.

Enjoy feeding Edy. Baka enjoy feeding myself.

Patapos na kong kumain may biglang humawak sa balikat ko. Napatayo ako sa sobrang gulat habang subo-subo ang mais sa bibig ko. Muntik ko pang maibato yung platong hawak ko.

Gulat din namang napatingin sakin si Mica----na sya palang humawak sa balikat ko.

"**S-sorry.**" Sabi nya.

Kinagatan ko muna yung mais bago alisin sa bibig ko. "**A-ayos lang. Bakit nandito ka?**"

Nagpilit sya ng ngiti. "**Binibisita lang kita.**"

Wala naman akong sakit. Anung trip nya at naisipan nya kong bisitahin? Para ilang araw pa lang naman kaming hindi nagkita. Si Calix dapat ang puntahan nya.

Napansin kong malungkot ang mga mata nya. Mukang meron syang problema at naghahanap sya ng kausap.

"**Upo ka. Nagulat ako sayo, kumakain pa naman ako.**" Sabi ko.

Umupo naman sya sa bench at ganun din ako. Tinapos ko muna ang pagkain bago kami tuluyang mag-usap.

"**Eto oh.**" Sabi nya habang inaabot ang isang pouch na may alcohol, tissue at sanitizer.

Tinanggap ko naman yun at sinimulang linisin ang sarili.

"**Bakit mo pala ako bini-bisita?**" Tanung ko habang pinupunasan ang muka gamit ang tissue.

Hindi sya sumagot kaya naman tinignan ko sya. Napatigil ako kasabay ng bahagyang paglaki ng mata ko ng makita ko syang lumuluha. Pinunasan nya yun at sinubukang umiwas ng tingin pero huli na.

"**May nangyari ba?**" Nag-aalalang tanung ko.

"**Maghihiwalay na kami ni Calix.**" Tuloy-tuloy nyang sabi at tuluyang bumagsak ang mga luha'ng inaawat nya.

Nataranta ako kaya agad kong kinuha yung tissue sa loob ng pouch na inabot nya sakin. Binigay ko sa kanya at tinanggap naman nya.

"**B-bakit? A-anu bang nangyari?**"

Hindi na naman sya sumagot. Patuloy lang sya sa hagulgol. Para bang sobrang sakit ng dinadala nya sa dibdib at ngayon lang sya nagkaroon ng pagkakataon na ilabas yun. Mas lalu akong nataranta.

Baka may ginawang kalokohan ang mokong!

"N-nambabae na naman ba si Calix? Ano? Bumalik sa pagiging playboy? Ano ginawa nya? May sinabi ba sya? A-anung dahilan?" Sunod-sunod na tanung ko.

Pinilit nyang tumahan at punasan ang mga luha sa pisngi. Makailang ulit pa syang huminga ng malalim.

"Alam ko na kasi yung ginawa nila sayo..." Natigilan ako. **"...nagalit ako sa kanya at nag-away kami. Sabi nya hindi ko daw naiintindihan kaya wag ako makisali. Pinili kong wag muna magsalita..."** Kinagat nya yung ibabang labi nya. **"...pero hindi pwedeng manuod lang ako habang nahihirapan ka."**

"Yun ba yung dahilan kung bakit hindi kayo nag-uusap?"

Birthday palang ni Ci-N kung napansin kong hindi sila nag-uusap tapos kinumpirma din ni Rakki.

Nag-nod naman sya. **"Hindi ko alam kung bakit kailangan nyang maki-sali. Hindi na sya nahiya, tinulungan mo kaming magkabalikan tapos ganito yung ginawa nya."**

Napayuko ako. Tama si Mica kung tutuusin. Galit ako sa kanila dahil sa ginawa nila sakin pero hindi ko naman hiniling na maghirap din sila kagaya ng sakit na naramdaman ko.

Sabi ko nga, Revenge is for weak.

Ayokong idamay si Mica. Ayoko namang pati sya masaktan. Napabuntong hininga ako.

"Pero hindi mo ba naisip na kapag nakipag-hiwalay ka, sasayangin mo yung effort na ginawa ko para magkabalikan kayo? Mauuwi sa wala ang lahat tapos sasaktan nyo na naman ang mga sarili nyo." Paliwanag ko at tinignan naman nya ko.

Alam kong naintindihan nya ang ibig kong sabihin. Alam ko din na nag-aalala lang sya sakin pero ang mga nangyari at ang sakit na naramdaman ko ay sakin nalang.

Madamot ako kaya akin lang ang sakit.

"P-pero Jay----."

Pinutol ko agad ang sasabihin nya. **"Tama si Calix, hindi ka dapat makisali. Sa kanila at sakin lang ang problema'ng yun. Kung may dapat kumilos tungkol don sila dapat yon, hindi ikaw."**

Napayuko sya at pinatong ang mga kamay sa tuhod. Unti-unti'ng nagsara ang kamao nya.

"Wag mo sana'ng pabayaan ng ganun ang relasyon nyo ng dahil lang sa simpleng gulo." Sabi ko tinapik ang balikat nya.

Tumayo ako at inabot ang pouch sa pabalik kanya. Kinuha nya yun at tumayo na rin.

"Salamat sa pag-aalala." Dagdag ko habang nakangiti.

Bahagya syang ngumiti at binalik na ang pouch sa bag nya. Naglakad na kami pabalik sa room. Saktong pagtapat sa pinto, pinahinto ko sya. Nagtaka man nung una pero ginawa din nya.

Pumasok ako sa room at hinanap si Calix. Nakaupo sya habang nakikinig sa pinag-uusapan nila Eren at Denzel.

"Calix!" Tawag ko at halos lahat sila lumingon sakin.

Lahat kayo si Calix?

Tumayo sya at halatang hinihintay ang sasabihin ko. Isinenyas ko naman na tumingin sya sa labas. Ginawa naman nya yun. Mabilis pa sa alas-kwarto na tumakbo sya palapit kay Mica.

Hindi ko na tinignan ang eksena nila sa labas. Pumunta na ko sa upuan pero napatigil ako. Mero kasing chutchirya sa ibabaw ng table ko. Nova, Chippy at Piattos.

Tinignan ko naman ang mga Ulupong pero kanya-kanya sila ng iwas. Kuwaring patay malisya sa nangyari. Tinignan ko si Ci-N na may nilalaro sa cellphone nya.

"**Ci, sayo ba to?**" Tanung ko at mabilis syang umiling. "**...Kanino to?**"

Ngumuso sya. "**Sayo.**"

Napataas ang isang kilay ko. Ang hirap talaga nya kausap kapag kaharap ang cellphone. Busy dun sa nilalaro nya. Si David naman ang hinarap ko pero tulog ang luko.

Kulang ba lagi sa tulog ang impaktong to?!

Pinitik ko ng malakas ang noo nya. Dumilat sya at taka akong tinignan.

"**Bakit ka namimitik?**" Iritang tanung nya.

"**Ay hindi kaya ako yun...**" Lumapit ako sa kanya at bumulong. "**...si Ci-N yun.**"

Tumayo sya at mabilis na lumapit kay Ci-N. Pinitik nya yun ng malakas sa noo. Nabitawan naman ng Batang kumag ang cellphone nya at maluha-luha pa syang tumingin kay David ng masama.

"**Tsakit! Inaano kita?!**" Inis na tanung nya.

"**Istorbo ka. Natutulog ako.**" Bored na sabi ni David at bumalik sa pwesto nya.

Bago pa sya dumukdok ulit para matulog nagsalita na ko agad.

"**Ikaw ba naglagay nito?**" Tanung ko.

Tinitigan nya yun sandali bago sumagot. "**Hindi. At hindi ko rin kilala.**"

Ang tino kausap ng mga katabi ko. Nakakahiya naman....

Bumalik sa pagtulog ang luko. Napakamot nalang ako sa batok ko

habang nauupo. Tinago ko nalang sa bag yung mga chutchirya. Kung sino man sa mga Ulupong na to ang nagbigay nyan. Mauubos lang pera nya sa wala.

Pero sa totoo lang, parang pamilyar sakin tong nangyayari na to. Para bang nangyari na noon pero sa ibang sitwasyon.

Weird.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 224

A/N: Mais 🌽🌽🌽

Sali kayo sa quiz sa group. Hinanda yun ng masisipag naming Admin.

Sorry nga sa wrong grammar at spelling!

Cute nito! Favorite ko yung pula ang buhok. Maraming salamat! CharinaMercado9

Jasper Jean Mariano

Mark Keifer Watson

Yuri Hanamichi

CI-N PERALTA

Superman 'Eman' Andrada

David Brewer

Calix Rivera


John Felix Collins

Blaster Madrigal

Eren De Luna

Kit Harington

Mayo Jason Ramos

Denzel Castillo

Joshua 'josh' Venites

Rory Abejar

ANDREW "DREW" MERCADO

Friends

Jay-jay's POV

"**Saan na?**" Mapilit na tanung ko kay Yuri.

Kanina pa andar ng andar yung kotse'ng sinasakyan namin pero parang hindi naman nun matunton yung Japanese Restaurant na sinasabi ni Yuri.

Naligaw na yata kami. Pagkain na naging bato pa!

"**We're almost there.**" Nakangiting sagot nya.

Kelan pa kaya yung '*almost*' na yan? Yan nalang lagi nya sagot

sakin. Inis akong napanguso at tumingin nalang sa labas. Malayo na kami sa syodad at nasa kung saang lumapalop na kami ng Pilipinas.

Wala na yung mga kabahayan. Puro matatayog na puno na ang nakikita ko. Alam kong nasa highway na kami pero hindi ko pa rin alam ang destinasyon nitong sinasakyan ko at ni Yuri.

Wag naman sana Final Destination! Jusme!

Kinabahan tuloy ako kahit hindi naman dapat. Unti-unti'ng bumagal ang sasakyan at lumiko sa isang kanto na parang natabunan na ng sebilisasyon. Mas matatayog kasi ang puno sa gilid, lupa pa rin at hindi sementado ang daan. Halatang walang ibang sasakyang dumadaan dahil walang bakas ng gulong o kahit anung uri ng sasakyan sa lupa.

"**May Japanese Restaurant dito?**" Pa-inosenteng tanung ko kahit halata naman na walang restaurant dito.

Anu kayang balak ng hudas na to?

Tinignan ko yung langit. Malapit ng dumilim tapos nasa kawalan pa kami. Tinignan ko si Yuri at ngumiti sya sakin. *Anak nang...* Hindi kaya may masamang balak to? Baka balak nya kong.... Balak nya kong....

HOLDAPIN! *Asa naman....* Mas mayaman pa sya sakin, anung mapapala nya sa kagaya ko? Pinilit ko nalang alisin ang pangamba sa isip ko. Alam ko namang hindi sasayangin ng Ulupong na to ang binigay kong chance at tiwala sa kanya.

Tumingin nalang ako sa harap at ganun nalang ang pagkunot ng noo ko ng makita ko ang isang construction site. May boldosor, digger, cement mixer at iba pang gamit na halatang pang malakihang gawa.

Baka naman gagawin pa lang yung Japanese Restaurant.

Ipinarada ni Yuri ang kotse sa tabi ng iba pang sasakyan. Bumaba sya at ganun na rin ang ginawa ko. Tinignan ko yung paligid at isang malaking tarpaulin ang bumungad sakin.

Opening Soon, パラダイス (Paradise) Resort.

"**Paradise.**" Sabi ni Yuri habang nakatingin din sa tarpaulin. "**Paradise Resort ang ibig sabihin nyan.**"

Nag-nod lang ako habang hindi tumitingin sa kanya. Mukang may temang Japan ang resort. Base kasi dun sa drawing may naka-kimono'ng babae na naka-abang sa pinto habang bahagyang nag-bow.

Binasa ko din yung mga naka-lagay sa gilid. Spa, Salon, Bar and restaurant----*sabi na ginagawa pa lang eh!*

Bahagyang bumagsak ang talukap ng mata ko at inis na tinignan ang luko.

"**Bakit?**" Tanung nya.

"**Saan tayo kakain? Eh ginagawa pa lang ang Restaurant na sinasabi mo.**"

Tinawanan nya ko. "**Surprise.**"

Sabi na naging bato yung pagkain.

Hinawakan nya ang kamay ko at hinala ako pero agad ko naman yung binawi.

"**Bakit may pa-hawak-hawak? Anu yan?**" Sita ko at taka naman nya kong tinignan.

Napakamot sya ng batok ng mapagtanto ang ginawa nya. "**Sorry.**"

Inirapan ko sya. "**Saan tayo?**"

Alanganin nyang tinuro ang isang direksyon. Wala naman akong nakita sa tinuro nya kaya sinenyasan ko syang mauna na sa paglalakad at susunod ako.

Ginawa naman nya yun at nagpa-una na. Habang naglalakad tinignan ko ulit yung langit. Tuluyan na kasing nilamon ng dilim ang langit. Madilim na rin ang dinadaanan namin.

Akala ko tutuloy kami sa ginagawang building ata yun o bahay pero biglang lumiko si Yuri papunta sa kung saan at huminto sa harap ng isang tunnel na puno ng halaman. Napangiwi ako dahil sobrang dilim na at halos walang makita sa daan. Palagay ko ay sakto sa tangkad nya ang tunnel.

"**Anu na? Dito nalang tayo?**" Iritableng tanung ko.

Ngumiti sya sakin at kasabay ng bahagyang pagtawa nya ang pagbukas ng maliit na ilaw sa loob ng tunnel. Iba't-ibang kulay na kumakapit sa mga bulaklak.

Napatitig ako sa mga yun. Naagaw kasi ng liwanag na yon ang lahat ng atensyon ko. Huli ko na napansin na sinuotan na pala ako ni Yuri ng korona'ng bulaklak.

Saan galing to?! Wala naman syang hawak kanina!

Taka ko syang tinignan pero nanatili syang nakangiti. Minwestra nya ang braso na para bang sinasabi na umangkla ako. Kahit puno ng pagtataka at alinlangan humawak pa rin ako sa kanya.

Nakatingala ako habang naglalakad. Ang ganda kasi ng mga ilaw. Idagdag pang may kaunting baging mula sa taas ng tunnel. Paglabas namin, malaking puno na binabalot din ng maliit na ilaw ang bumungad samin.

May nakasabit na signage doon ng isang arrow pero puso ang nasa dulo nito, tumuturo ito sa isang maliit na tulay. Pinuntahan naman namin yun.

Kinakabahan ako ng hindi ko maintindihan.

Pagdating sa tulay meron din mga ilaw-ilaw sa hawakan sa gilid. Natakot tuloy akong humawak at baka makuryente ako. Sa dulo ng tulay ako tuluyang napahinto.

Nag-simulang tumugtog ang isang pamilyar na kanta at yung pathway sobrang liwanag dahil sa mga ilaw sa gilid at puno rin yun ng petals. Gusto kong magtanong o magreklamo pero parang kusang naki-ayon sa sitwasyon ang katawan ko.

Oh thinkin' about all our younger years
There was only you and me
We were young, wild and free.

Nag-simula kaming maglakad at sundan yung pathway na puno ng petals. Naka-angkla pa rin ang kamay ko sa braso nya.

Now nothing can take you away from me
We've been down that road before
But that's over now
You keep me comin' back for more

Napatingin ako sa kanya ng magsimula syang kumanta at sabayan yung parte na sa lalaking vocalist sana.

"***♪ And baby you're all that I want, when you're lyin' here in my arms. I'm findin' it hard to believe. We're in heaven, And love is all that I need and I found it there in your heart and it isn't too hard to see, Were in heaven♪***" kanta nya.

Hindi ko magawang ngumiti o sabayan sya sa kinakanta. Alam ko kung anung ginagawa nya at parang alam ko na rin kung saan kami patungo.

Unti-unting napapalitan ng halaman ang mga ilaw sa gilid ng pathway. At kung tutumbukin ang dulo non, naka-turo yon sa isang Gazibo na napapaligiran ng mga makukulay na bulaklak.

Oh once in your life you find someone
Who will turn your world around
Bring you up when you're feelin' down

Pero mukang hindi doon ang destinasyon namin. Dahil kinuha lang ni Yuri ang isang bouquet ng mga bulak-lak na nakapatong sa lamesa. Knabot nya sakin yun at bumalik na naman kami sa paglalakad.

Now nothin' can change what you mean to me
Oh there's lots that I could take
But just hold me now
'Cause our love will light the way

Wala na kaming sinusundang pathway. Purong bermuda grass nalang ang tinatapakan namin. Muli na naman nyang sinabayan yung kanta.

"***♪And Baby you're all that I want, when you're lyin' here in my arms. I'm findin' it hard to believe, We're in heaven..***" Ngumiti sya sakin. "***..And love is all I need, And I found it there in your heart, It isn't too hard to see, We're in heaven. ♪***"

Sa totoo lang nangangati ang palad kong tumama sa batok nya. Gusto'ng gusto ko na rin syang tanungin. Naguguluhan ako sa ginagawa nya pero alam ko namang para sakin ang lahat ng to.

Huminto kami sa harap ng isang picnic set na napapalibutan ng maliliit na lamp. Dahan-dahan nya kong pinaupo at patuloy pa rin sya sa pag-ngiti sakin.

"**For the boyish yet so beautiful girl that I love.**"

Napakagat ako sa ibabang labi ko. Hindi ko magawang magpasalamat kahit sa totoo lang, nagandahan ako sa ginawa nya.

"**Y-yuri...**" Halos pabulong kong sabi pero hindi nya ko pinansin.

Hinawakan ni Yuri ang pisngi ko at hinimas yun gamit ang hinlalaki. Kita ko ang pagiging sincere nya sa mga mata pero kasama din ang lungkot. Lumapit sya sakin at hinalikan ako....

Sa noo!

Kinabahan kahit don lang nya ko hinalikan. Kanina pa hindi normal ang tibok ng puso ko. Feel nyang mag-dribble sa loob ng dibdib ko.

Muli nya kong hinarap. "**Give me another chance and I'll prove to you how much 'I love you'.**

Unti-unti ulit syang lumalapit sakin at alam ko sa pagkakataon na to. Labi ko ang puntirya nya. Mabilis akong umiwas sa bahagyang paglayo sa kanya.

Kita ko ang pagka-disappoint nya. Pinili nyang yumuko para itago ang mga yon.

"**Yuri.**" Tawag ko sa kanya para harapin nya ko pero pinili nya'ng manatili ng ganun. "**...Yuri. Tumingin ka sakin.**"

Napabuntong hininga sya at pinilit tumingin sakin habang may pilit na ngiti.

"**Na-appreciate ko yung ginawa mo pero....**" Parang may kung anung bumigat sa dibdib ko. "**...Ang bilis kasi! May usapan tayo na mag-sisimula ulit pero parang----parang bigla kang nagmadali.**"

Napahawak sya sa batok at napayuko. Totoo naman kasi, pero hindi kasali don ang pagpapakilala namin sa isa't-isa non sa Mini Mart.

Muka akong tanga na nagpapakilala sa kanya non!

Gusto ko magsimula ulit kami bilang magkaibigan. Hindi yung ganito na nanghihingi ulit sya ng chance at agad-agad pa.

"**S-sorry. Akala ko kasi...**"

Napabuntong hininga ako at binana yung bouquet ng bulaklak. Tinanggal ko din yung koronang bulaklak na nilagay nya sa ulo ko.

"**Salamat dito. Maganda yung ginawa mo.**" Sabi ko at mabilis na nagliwanag ang muka nya. "**...pero nagmamadali ka pa rin!**"

Tumawa naman sya at tuluyan ng nawala ang pagka-ilang saming dalawa.

"**Sige, hindi na ko magmamadali.**" Sabi nya. "**...Hihintayin ko nalang na ikaw ang manligaw sakin.**"

Whut thu fvck?!

Tumaas ang isang kilay ko at kulang nalang matanggal yun sa muka ko para sampalin sya. Ulupong pa rin talaga sya.

"**Oh sige. Mamatay ka dyan kaka-hintay.**" Sarcastic na sabi ko at tumawa na naman sya.

Kahit papano naging magaan na ang pakiramdam ko. Isang bagay

na nararamdaman ko kapag kasama ko si Yuri. Kahit anung awkward ng sitwasyon, unti-unti'ng nawawala yon.

"**Sorry kung nag-madali ako... Nawala sa isip ko yung usapan natin.**" Sabi nya habang nakangiti. "**...so, it means that as of now we're---.**"

"**Friends.**" Dugtong ko sa sasabihin nya.

Lalung lumawak ang ngiti nya. "**With benefits ba yan?**"

Kusang tumaas ang kamay ko para salubungin sya ng sampal. Sinalag nya yon ng braso habang patuloy sa pagtawa. Inulit ko pa gamit ang isang kamay.

"**Sira-ulo! Gago mo!**" Inis na sabi ko habang patuloy sa paghampas.

Tumigil lang ako ng makaramdam ako ng pagod at pananakit ng palad. Panay braso kasi nya ang tinatamaan ko.

Magkaibigan talaga sila. Pati kamanyakan! Wala akong masabi...

"**J-joke lang yun. Akala ko kasi sasabihin mo '*were classmate*' lang.**" May kakaibang kislap sa mga mata nya na para bang puno ng pag-asa. "**...masaya ako na tinanggap mo ko as friend.**"

Magaan sa loob at parang walang naging problema sa pagitan namin. Ganun ang pakiramdam ko ngayon. Yung pakiramdam na parang ngsimula talaga kami.

"**Ayaw mo talaga ng benefits?**" Habol nya at iniambo ko na ang bouquet pahampas sa kanya.

"**Tsk! Tatamaan ka na talaga sakin!**"

Tumawa na naman sya na para bang tuwa'ng-tuwa sya. May pagkakataon talaga na parang ang weird nya. At isa to sa pagkakataon na yon.

Napahiga pa sya sa picnic cloth na inuupuan namin. "**I'm happy to have you again.**" Sabi nya at lumingon sakin. "**...kahit friendzone.**"

Ganun siguro talaga kahalaga sa kanya na patawarin ko sya. Sinuklian ko ng ngiti ang mga sinabi nya. Sana ganito nalang kami. Sana ganito nalang na masaya kami sa kung anung meron sa pagitan namin.

Bumangon sya habang hindi inaalis ang tingin sakin. "**Kain na tayo.**"

Yun oh! Yun yung kanina ko pa hinihintay na sabihin nya.

"**Oo naman! Lapang na... Asan ang chibog?**" Tanung ko at napatingin naman ako sa picnic basket na kinukuha nya.

Binuksan nya yon at nilabas ang plato, platito, baso at mga kubyertos. Hinintay kong maglabas sya ng pagkain pero wala na. Inayos lang nya ang pagkakasalansan ng mga nilabas nyang gamit.

Napangiwi ako. Nagugutom na kaya ako! Kanina ko pa iniisip yung sushi. Badtrip din to si Yuri eh. Lakas man-trip!

"**Ayan ang pagkain natin? Hangin?**" Iritableng tanung ko.

Tinawanan na naman nya ko. Nag-sisimula na kong mairita sa ginagawa nya. Idagdag pang gutom ako at kapag hindi ako nakapag-pigil baka tamaan talaga sya sakin.

Meron syang kinuha sa bulsa. Parang cellphone na maliit pero may antena. Meron syang pinindot at bumukas yun tsaka sya nagsalita.

"**Is the food ready?**" Tanung nya dun.

May kung anung signal disruption akong narinig at dun ko lang napagtanto na radyo pala ang hawak nya.

"**Ready Sir.**" Sagot nung nasa kabila.

"**Good. Time to feed the beast.**" Sabi nya bago tuluyang itago ang radyo sa bulsa.

Feed the beast? Ako ba yun?!

"**Sinong beast?!**"

Ngumiti sya at tumingin sa ibang direksyon. Impaktong to! Tinawag pa kong beast tapos sya ang beauty? Ayos men! Sarap sampalin ng back to back nitong Hapon na to.

Maya-maya lang ay mga taong lumapit samin. May dala silang malalaking plato na binaba nila sa tabi namin. Yung isa naman ay may dalang bucket na puno ng yelo at may nakalagay na bote ng wine.

Nang maayos na ang lahat nagbow sila bago tuluyang umalis. Nagpasalamat naman ako sa kanila.

"**Let's.... Eat.**" Mabagal na sabi nya.

Kumakain na kasi ako bago pa nya masabi yun. Kasalanan naman nya! May pa surprise-surprise pa kasi sya. Sana binusog muna nya ko.

"**Tara na! Kain na!**" Sabi ko at kumuha ulit ng kakainin.

Kumain na rin sya. Galit galit muna kami. Wala munang usap-usap. Sa dami ng dinalang pagkain samin feeling ko bibitayin na ko. Pero wala akong pake, basta marami pagkain!

Food is life Baby!

May pagkakataon na nagtatanung si Yuri habang kumakain kaya naman nauuwi yun sa kwentuhan. Minsan tungkol kay Aries, kay Mama at syempre kay Kuya Angelo.

"**Nagka-girlfriend ba si Kuya Angelo dati?**" Tanung ko at uminom sa baso ng wine na binigay sakin ni Yuri.

"**Oo yata... Hindi ko sure.**"

Napangiwi ako. "**Bakit hindi mo sure? Kala ko ba lagi kayong naka-buntot sa kanya dati?**"

Nagkibit balikat sya. "**Pero hindi ko na inaalam ang personal na buhay nya. Tama ng tinuruan nya kaming maging malakas.**"

Uminom ulit ako ng wine hangang sa maubos ko na yung laman ng

baso. Binaba ko yung baso at kumuha ng chocolate sa platong nasa malapit sakin.

"May galit ba kayo kay Kuya?" Inosenteng tanong ko.

Taka nya kong tinignan. **"Bakit mo naman natanong yan?"**

Napaiwas ako ng tingin. Bahagya kong tinaas ang tuhod ko para yakapin yon.

"K-kasi... pansin ko si... si Keifer dati, na parang may galit sa kanya."

Tinungga nya ng mabilis ang basong hawak. Nawalan ng laman yon na parang tubig na nilagok.

"Masyado'ng maraming nangyari sa pagitan naming lima. I can't blame Keifer if his mad at Angelo. Lalu na nung araw na nawala si Percy." Sinalinan nya ulit ang basong hawak.

Pinag-masdan ko sya habang malalim ang paglagok ng wine. Seryoso'ng-seryoso at parang inaalala ang nangyari sa kanila non.

"K-kung hindi mo ma-masamain. Anu'ng nangyari?"

+ +
+

Yuri's POV

Tinignan ko si Jay-jay ng magtanong sya. Honestly, there's a part of me that is happy. Nagsisimula na kasi kaming maging okay talaga.

Kahit Friendzone lang!

"Kung hindi ka okay pag-usapan----."

Mabilis kong pinutol ang sasabihin nya. **"Galit na galit si Keifer."** Natigilan sya. **"...Galit na galit si Keifer ng malaman nyang wala na si Percy."**

Flashback...

Nanginginig ang kamay ko habang umiinom ng tubig. Parang ayaw tanggapin ng katawan ko ang gamot na ibinigay sakin ng nurse.

Pero ang totoo ayaw tanggapin ng sistema ko ang lahat ng nangyari. Sobrang bilis.

"**Yuri.**" Hahaoya called me. "**...Keifer is awake.**"

Kahit makirot ang parte ng binti at hita ko pinilit kong makalakad papunta sa kabilang kwarto kung saan naka-confine si Keifer.

Araw pa lang ang tinatagal namin sa ospital. Kahit walang galos o bali sa katawan pinili ni Hahaoya na ipa-confine ako.

That accident is a nightmare.

Nawalan ng malay si Keifer matapos tumilapon palabas ng kotse. Ngayon lang sya nagising at ngayon lang din nya malalaman ang totoo.

"**Remove this thing from me!**" Galit na utos ni Keifer sa isa sa mga nurse kahit halatang nahihilo pa rin sya.

Pilit nyang hinuhugot ang karayom na naka-kabit sa likod ng palad nya.

"**Keifer! Please! Stop! You need to rest!**" Hahaoya scolded him.

Bahagya syang huminahon. Malalim ang bawat paghinga nya. May pagkakataon din na napapahawak sya sa sintido dahil sa sakit.

Pumasok na ko ng tuluyan at naglakad palapit sa kanya.

"**Leave us.**" Utos ko sa mga nurse.

Tinignan ko si Hahaoya at nakuha naman nya na kailangan din nyang umalis. Alam ko namang magstay sya sa labas incase na may mangyari.

Pagsara ng pinto ang salubong na kilay ni Keifer ang sumalubong sakin. I know, he's freaki'n confuse.

"**What the hell is going on? Why are we here?**" He ask irritatedly.

Gusto ko sanang sabihin sa kanya to ng mahinahon sya. But knowing Keifer, he can't relax when he don't understand a thing.

"**Keifer----.**"

"**Where is Aries and Percy?**"

Napalunok ako ng marinig ko ang pangalan ni Percy. Hindi ko alam kung panu sisimulan.

"**Keifer... Si Aries nasa private room sa sunod na floor.**" Nakagat ko ang ibabang labi ko. "**...si...si...P-per...Percy.**"

"**Yuri.**" Biglang naging seryoso ang tinig nya.

I knew he had a clue. It's so hard for me to tell the news about Percy.

"**Percy is....**" I suddenly feel numb in my throat. "**...Percy is...**" A tear fell down from my eye. "**...is d-dead.**"

Wala akong narinig na kahit anong sagot mula kay Keifer. Huminga ako ng malalim para pigilin ang mga luha ko. Nakatingin lang sya sakin habang parang hindi nagpo-proseso ang sinabi ko sa kanya.

"**This is a joke, right? Nan-ti-trip na naman ba si Percy? Dinamay ka pa talaga nya. Tatamaan sya sakin mamaya.**" Sabi nya at parang naiinis nga talaga kay Percy. "**...Can you tell me his Room number? I'll visit him later and make him pay.**"

Hindi ako makasagot. Hindi ko alam kung naintindihan nya ba ang sinabi ko sa kanya o ayaw lang talaga nyang maniwala.

"**K-keifer... I'm not joking. What I said is true.**"

He look at me with his death glare. I almost step back but i remain my posture. Kailangan nyang intindihin na totoo ang sinasabi ko sa kanya.

Napahawak sya ng mahigpit sa ulo. Kasabay non ang halos pagsigaw nya dahil sa sakit. Lalapit na sana ako sa kanya ng bigla nyang tanggalin ang dextrose. Pinilit nyang tumayo kahit hindi nya kaya.

Paglapit ko sa kanya para tulungan sya, mabilis nya kong kinwelyuhan.

"**Damn it Yuri! You know how I hate unfunny jokes.**" Inis na sabi nya.

Tinanggal ko ang kamay nya sa kwelyo ko at sinabayan ko ang tingin nya.

"**This ain't joke! Percy is Dead.**"

Napahawak na naman sya sa ulo nya at napaupo sa sahig. Tatawag na sana ako ng nurse at doctor pero hinawakan nya ang dulo ng suot kong hospital gown.

"**W-what happened?**" Malumanay nyang tanung.

"**M-mamaya na natin pag-usapan. Kaylangan kang matignan ng doctor.**" Sabi ko pero hinawakan nya ko sa balikat para makatayo sya.

"**I don't care! I want to know what happened!**" Sigaw nya sakin.

Halong sakit at galit ang nakikita ko sa mga mata nya. Ayoko na sanang magsalita. Kailangan nyang matignan, hindi normal ang sakit na nararamdaman nya sa ulo nya.

"**Yuri!**" Sigaw nya kasabay ng bahagyang pag-yugyog sakin.

"**K-keifer... Nahulog yung kotse...**" Napalunok ako. "**...at kasama don si Percy.**"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 225

A/N: Sinabing sorry na nga! Sorry sa wrong grammar at spelling! Bakit ka nagagalit?! 😠😠

Tatlo lang muna ang UD. Dapat apat kaya lang inulit ko yung 226. Masyado kasing maaga para sa eksena'ng yun.

Salamat po sa cover na ito! UmaruDreamer

catmore2behappy

Ang Mutya Ng Section E


ANG MUTYA NG
SECTION E
THE DARK SIDE
EATMORE2BEHAPPY

Ang Mutya Ng
Section E
EATMORE2BEHAPPY



Friendship Over

Yuri's POV

Continuation of Flashback...

Sunod-sunod ang pagsigaw ni Keifer dahil sa sakit. Makailang beses nyang sinabunutan ang buhok nya.

"We are waiting for the CT scan and MIR results. Sa ngayon pain reliever lang muna ang binigay namin sa kanya which will effect in few minutes." Sabi ng Doctor samin

"**Thank you Doc.**" Keiren answered.

"No problem. If you need something or you have some questions don't hesitate to ask."

Tuluyan ng lumabas ng kwarto ang doctor. Nakaupo lang ako habang nakatingin kay Keifer na pagulong-gulong pa rin sa sakit.

Lumapit sakin si Hahaoya at tinabihan ako. "**Yuri, balik na tayo sa room mo? Kailangan mo ng magpahinga.**"

"***Watashi wa koko ni tomaritai.***" (I would like to stay here.)

"***Dakedo----.***" (But----)

"***Hahaoya... Onegaishimasu. Watashitachiha otagai ga ima hitsuyōdesu.*** " (Mother, please. We need each other now.)

Nag-pilit sya ng ngiti sakin. "**Okay, I understand. But please don't forget to take your medicine.**"

Nag-nod ako. Nag-paalam sya na babalik muna sa kwarto ko. Iniwan muna nya ko dito kagaya ng gusto ko. Sinubukan din nyang ayain si Keiren na sumama sa kanya pero nagpaiwan din sya kagaya ko.

Unti-unti tumitigil si Keifer sa pagsigaw hangang sa tuluyan na syang makatulog. Sandali akong umayos ng upo at bigla nalang kumirot ang binti at hita ko.

Pero mas masakit ang nararamdaman ko sa loob.

"**Magiging okay din si Kuya diba?**" Keiren ask.

I force a smile. "**Syempre naman... Si Keifer pa.**"

Tumayo sya mula sa sofa'ng inuupuan at lumipat sa tabi ko. Malungkot ang mga mata nya. Kasalukuyan pa nga pa lang hinahanap si Keigan tapos eto naman ang nangyari samin ni Keifer.

"**Sana andito si Kuya Keigan.**" Dinig kong bulong ni Keiren.

Ginulo ko ang buhok nya. "**Andito kami para sa inyo ng Kuya mo.**"

Sandali pa kaming nag-usap hangang sa makatulog kami pareho. Nagising lang ako ng makarinig ako ng gumagalaw sa loob ng kwarto.

Pagmulat ng mata ko nakita ko Keifer na nakaupo sa gilid ng hospital bed at nakatulala. Walang buhay ang mga mata nya. Dahan-dahan akong tumayo at lumapit sa kanya.

"**Keifer... M-may masakit ba sayo? Tatawa----.**"

"**Yuri...**" Putol nya sa sasabihin ko. "**...Do you still remember anything from the accident?**"

Napaawang ang bibig ko. Alam kong magtatanung sya ng tungkol don pero hindi ko pa napag-iisipan ang isasagot ko.

"**I-i don't.**" Kusang lumabas sa bibig ko ang mga salitang yun.

Bullshit Yuri!

Natatandaan ko pa. Natatandaan ko na nasa loob si Percy at Aries. Ayokong sabihin yon kay Keifer. Alam kong sa nangyaring to, maghahanap ang lahat ng pwedeng sisihin.

"**Kumusta si Aries?**" Tanung ulit nya.

Ang totoo, hindi ko pa binibisita si Aries. Si Angelo pa lang ang nakaka-harap ko at sya na rin ang nagsabi sakin na wag muna syang puntahan. Hindi pa rin daw kasi sya nagsasalita at hindi

magandang makita kami agad dahil baka isipin nyang sinisisi namin sya.

"I'm not sure but Angelo said that he's alright."

Bigla nalang syang tumayo at tinanggal na naman ang dextrose. Mabilis syang naglakad palabas. Sinubukan ko syang habulin pero kumikirot ang hita ko.

Saktong paglabas ko ng pinto ang pagdating ni Hahaoya. Taka at puno ng pag-aalala ang itsura nya habang nakatingin sakin.

"Yuri----."

"Please... Pakitignan nyo po muna si Keiren. Susundan ko lang si Keifer."

Hindi ko na hinintay ang magiging sagot nya. Kahit masakit ang bawat paghakbang ko pinilit kong abutan si Keifer. Nakasakay na sya sa elevator ng mahabol ko sya.

"Saan ang room ni Aries?" Seryosong tanung nya.

"You have to rest Keifer! What do you need from him?!"

Hindi sya sumagot. Pinindot lang nya ang floor number na sunod ng floor na kinalalagyan namin. Hindi ko alam ang gustong gawin nya. Wala akong mabasa sa mga kinikilos nya.

But I feel nervous!

Pagbukas ng pinto ng elevator. Mabilis syang lumapit sa isang nurse station.

"Saan ang kwarto ni Aries Fernandez?"

"S-sir?" Medyo gulat na sagot sa kanya ng nurse.

"Where is Aries Fernandez?!"

Kinuha ng isang nurse ang telepono at nag-dial ng number. Mukang balak nitong tumawag ng security. Agad naman akong lumapit sa

kanila para awatin si Keifer.

"**Mamaya nalang natin sya puntahan. Baka nagpa----.**"

"**I don't fvcking care!**"

"**Sir! Huminahon po kayo!**" Awat naman ng isang nurse sa kanya.

"**Just tell me his fvcking room!**"

"**Keifer! Tama na!**"

Akmang lalapit na ang ilang nurse ng may humablot kay Keifer at pabalibag syang sinandal sa pader.

Pare-pareho kaming natigilan. Walang reaksyon si Angelo habang masama naman ang tingin ni Keifer sa kanya.

"**What do you think your doing?**" Maotoridad na tanung ni Angelo.

Mabilis syang tinulak ni Keifer. "**Asan si Aries? May gusto lang akong malaman.**"

Tumingin sa ibang direksyon si Angelo na sa tingin ko ay ang kwarto ni Aries mismo ang tinitignan nya.

"**Nagpapahinga sya. Bumalik ka nalang sa ibang araw.**" Mabilis na sagot nya.

Akmang itutulak nya si Keifer paalis pero sinalag lang nito ang kamay nya. Ang mahinahong itsura nya ay mabilis na napalitan. Nagsalubong agad ang mga kilay nito.

"**Anung nangyari? Bakit namatay si Percy?**" Tanung ni Keifer.

Tinignan ko ang mga nurse na parang nanonood sa kanila. Ganun din ang ginawa ni Angelo.

"**May bakanteng kwarto ba kayo na pwedeng hiramin? Kailangan lang naming mag-usap.**" Sabi nya sa mga nurse.

Mabilis naman nilang tinuro ang kwarto sa hindi kalayuan. Agad na

nagpunta don ang dalawa at sumunod naman ako. Pagsara ng pinto....

"**Damn it! What we're you thinking?! You get too much attention!**" Galit na sabi ni Angelo kay Keifer.

"**Gusto kong malaman kung anung nangyari? Kung bakit nawala si Percy ng ganun-ganun nalang!**"

Tinignan ako ni Angelo na parang nagtatanung. Siguro iniisip nya kung bakit wala akong sinabi. Ayokong magsalita, ayokong mang-galing sakin.

"**Nalaglag ang kotseng----.**"

"**Alam ko na ang bagay na yan!**" Putol nya sa sasabihin ni Angelo. "**...gusto kong malaman kung bakit wala kayong ginawa!**"

"**Meron kaming ginawa.**" I enterupt. "**...nag-request na kami ng rescue mission para hanapin---.**"

"**What rescue mission?! Are you telling me that there's no dead body?! Then how can you make conclusion if there's no body found?!**" Halos magdilim na ang mata nya dahil sa galit.

"**Nakita na yung kotse.... Kotse ko to be exact. Kotse kong itinakas nyo para magawa yung mga kalokohan nyo!**" Sinabayan ni Angelo ang galit na mata ni Keifer. "**...Pero walang katawan sa loob. Sa lakas ng agos sa ilog at sa taas ng binagsakan ng kotse. Tingin mo may mabubuhay pa don?! Mag-isip ka nga Keifer!**"

Napayuko ako. Kung tutuusin kasalanan nga namin tong nangyari. Kung hindi namin inuto si Aries na sumama samin hindi mangyayari to. Pero nangyari na, anu pang saysay ng sisihan.

"**Dahil matibay si Percy! Alam kong mabubuhay sya! Alam kong----.**"

"**HE IS DEAD! Police na ang nag-declare. It's been 72 hours simula ng mawala sya.**"

Parang may kung anung sumusuntok sa puso ko. So hard to believe. Ang hirap isipin na tinawag pa nya ko para sa isang picture habang nasa loob ng kotse bago mangyari ang aksidente.

"Kitang kita ni Aries kung panung nalaglag ang kotse----."

"At wala man lang syang ginawa?!"

"**Keifer!**" Sita ko sa kanya.

"**I know you're fvcking devastated right now. But you need to understand! Wala ka sa lugar na yon kaya hindi mo alam kung ganu kahirap kay Aries na ilabas si Percy sa kotse!**" Huminga si Angelo ng malalim. "**...kahit sya muntik na ring hindi makalabas don. Kaya isipin mo naman sana yung nararamdaman nya.**"

Sang-ayon ako sa sinasabi ni Angelo pero sa mga oras na to. Sarado na ang utak ni Keifer na tumanggap ng paliwanag.

"Magkasama si Aries at Percy sa kotse?"

Para akong binuhusan ng malamig na tubig sa sinabi nyang yun. Tinignan ko si Angelo, kulang nalang sigawan ko sya at sabihin sa kanya ang mali nya.

No one speaks. One word from any of us and Keifer will explode like a bomb. Hindi ko inaalis ang tingin kay Angelo at ganun din sya kay Keifer.

"**Magkasama sila sa kotse?!**" He ask again.

Ilang segundo pa ang lumipas at bigla nalang syang humarap sakin. Lalabas sya ng pinto at alam kong pupuntahan nya si Aries. Sinubukan kong humarang pero hinawi lang nya ko na parang kurtina.

Damn it Keifer!

Bumagsak ako sa sahig at nagsimula'ng kumirot ang hita at binti ko. Sinubukan akong tulungan ni Angelo.

"**Habulin mo si Keifer!**" Sigaw ko at ginawa naman nya.

Nagpahinga ako ng ilang saglit bago lumabas ng tuluyan. Malayo pa ko pero naririnig ko ang pagsigaw ni Keifer. Galit na galit sya at panay ang mura. Pati mga nurse nagkakagulo na din.

May mga taong sumisilip mula sa ibang kwarto. Halatang naistorbo ng pagwawala ni Keifer. Paglapit ko sa kwarto ni Aries, inaawat na sya ni Angelo habang pilit kumakawala.

Nasa sahig si Aries habang puno ng dugo ang muka.

"**Namatay si Percy ng dahil sayo! Hinayaan mo syang mamatay!**" Galit na sigaw ni Keifer.

"**Stop it Keifer!**" Sigaw ni Angelo at pilit pa rin syang hinahatak palabas.

"**I WILL NEVER FVCKING FORGIVE YOU!**"

Kita ko ang paghihirap ni Angelo na pagilan sya. Hangang sa may ilang nurse na ang lumapit sa kanila at naki-awat. Isang nurse naman ang nagsaksak ng injection sa kanya.

Segundo lang ang binilang at unti-unting nanghina si Keifer. Ilang sandali pa at nawalan na sya ng malay. Nakatingin lang ako sa kanila.

Nakatingin lang ako sa mga kaibigan kong nakasama ko sa lahat ng pangyayari sa buhay ko. Nakatingin lang ako sa pagkakaibigan namin na mukang nasisira na dahil sa pagkamatay ng isa.

Gusto kong humingi ng tawad. Wala akong nagawa para sa kanila. Pakiramdam ko wala akong kwenta.

Patawarin mo ko Percy....

EndOfFlashback...

+ +

Jay-jay's POV

"Nagatungan pa yung gulo na yon dahil sa issue kay Ella at pambubumbog kay Aries sa cafeteria." Dagdag ni Yuri.

Yun din yung naging dahilan kung bakit hindi na makapunta ang Section E sa cafeteria noon.

"Ang kitid talaga ng utak nya." Medyo inis kong sabi. **"...tama naman si Kuya Angelo! Wala sya don, hindi nya nakita yung nangyari! Bakit kay Aries lang nya isisisi ang lahat?!"**

"I can't blame Keifer."

Taka ko syang tinignan. **"Bakit?"**

"Dahil yun na ang ginagawa nya sa sarili nya noon pa. He's blaming himself for not being there and for being unconscious while his friend is dying." Huminga sya ng malalim at binaba ang basong hawak. **"...lagi nyang ginagawa yon. Kapag may maling nangyari, sarili nya ang sinisisi nya. Iisipin nya na kasi wala sya don kaya nangyari yon."**

Feeling naman nya mapipigilan nya yung mangyayari kung andun sya.

"Panu mo nasabi?"

"Sinasabi nya sakin. Kapag naninigarilyo kami o kaya naka-inom."

Napanguso ako. Kakaiba talaga ang closeness nilang dalawa. Bromance na ang datingan. Hindi kaya bakla sila?

"Bakit si Aries ang inaway nya kung sarili nya pala sinisisi nya? Trip lang, ganon?"

Bahagya syang tumawa. **"No. He's done blaming himself. Kaya sisihin nya kung sinong dapat sisihin."**

Ay saltik talaga ang isang yon.

Wala akong masabi sa Hari ng mga Ulupong. Pero parang ang hirap nga ng nangyari sa kanila. Akala nila nawalan sila ng kaibigan tapos isang araw susulpot sa harap nila at alive na alive sa

kalokohan.

"**Anu pa lang naramdaman nyo nung nagpakita si Percy?**" Tanung ko ulit.

"**Iba-iba. Shock, happy, sad, anger.... threat.** Halos pabulong ang huling salitang sinabi nya.

Naiintindihan ko. Sinabi na nila sakin yun ng malaman nila na buhay sya. Baka may balak syang maghiganti at ako ang gagamitin nya.

Pero kagaya nga ng sinabi ni Percy. Hindi sya ganung tao, hindi sya kagaya ni Keifer. Parang may kung anung tumusok sa puso ko.

Eto na naman.... Parang cycle lang. Paulit-ulit umaandar sa utak ko.

"**Ayos ka lang Jay?**" Tanung ni Yuri na nagbalik sakin sa reyalidad.

"**O-oo... May nararamdaman lang ako sa tyan ko.**"

"**Baka na-impatso ka. Takaw mo kasi.**" Pang-aasar nya.

Napasimangot ako. "**Naranasan mo nabang tamaan ng plato sa muka?**" Sarkastikong tanung ko habang hawak ang plato malapit sakin. "**Gusto mo masubukan?**"

Bahagya syang tumawa at nag-peace sign. Pasalamat sya gwapo sya. Sayang kung tatamaan ng plato ang muka nya. Pero mas sayang kung kintab ng plato.

Yung pwede ka n manalamin sa sobrang kintab.

Sandali pa kaming nagkwentuhan tungkol naman sa lugar. Napag-alaman ko na ideya nya pala ang resort na to. Beach resort daw talaga to pero medyo inalayo sa dagat dahil balak gawing malaking infinity pool yung daan papunta sa beach mismo.

Marami pa daw sana syang balak ipakita sakin pero pinauna nyang ipatapos tong garden na to dahil balak talaga nyang mag-set ng garden dinner pero nauwi sa picnic style.

Hanep sa effort.

Inabot din ng ilang oras bago maisipan umuwi. Iniwan na ni Yuri yung mga pinag-gamitan naming untensils at plato. Mga tauhan nalang daw nya bahala maglinis.

Yakap-yakap ko yung bouquet ng bulaklak habang naglalakad kami pabalik sa kotse nya.

"**Salamat sa dinner. Namiss kong kumain ng sushi.**" Sabi ko at bahagya syang sinuntok sa braso.

Yung sushi lang talaga nagustuhan ko sa lahat!

Napangiwi sya at hinimas ang braso. "**Welcome. Tara na, hatid na kita. Malayo pa byahe.**"

Nag-nod naman ako at sumakay ng kotse. Habang nasa byahe ilang beses kong narinig na tumunog ang phone ko. Kinuha ko yun mula sa bag at tinignan.

Meron akong message galing kay Kuya Angelo at sa GagongBaliw. Inuna kong buksan yung kay Kuya dahil meron na rin syang mga miss called.

From: *Kuya Angelo*
Message: *where are you? Bakit ayw mong sagutin ang phone mo?*

Bahagya akong kinabahan kaya naman mabilis akong nagreply at sinabing pauwi na. Sunod kong binuksan ang message sakin ng GagongBaliw. Medyo nagtaka pa ko dahil sunod-sunod ang mga yun.

From: *GagongBaliw*
Message: *hey, i miss you.*

From: *GagongBaliw*
Message: *R u busy?*
(*Are you busy?*)

From: *GagongBaliw*
Message: *I really wanted 2 talk 2 u.*

From: *GagongBaliw*
Message: *Can i Call u?*

From: *GagongBaliw*
Message: *c'mon, i want to hear ur voice.*

From: *GagongBaliw*
Message: *where r u?*

From: *GagongBaliw*
Message: *who's with u?*

From: *GagongBaliw*
Message: *Jasper Jean.*

"**Sinong katext mo?**" Tanung ni Yuri.

Sandali akong napatingin sa kanya bago ibalik ang cellphone sa bag ko.

"**Si K-kuya... Hinahanap na nya ko.**" Sagot ko.

Nag-nod naman sya bilang pagtanggap sa sagot ko. Ewan ko pero pakiramdam ko hindi ko dapat sabihin sa kanya na may katext akong GagongBaliw. Hindi ko alam kung bakit pero malaking bahagi ko ang mas gustong ilihim sya.

Gusto kong ako ang maka-alam kung sino sya.

"**Nag-usap na kayo ng Kuya mo tungkol sa... Cancellation ng engagement?**" Alanganing tanung nya.

"**Hindi pa.**" Halos pabulong kong sagot.

"**Wala syang sinabi'ng kahit ano?**"

"**Wala.**"

"**Hindi ka naman siguro nya sesermonan.**" Nakangiting sabi nya. "**...Nagpasalamat pa nga sya samin.**"

Nangunot ang noo ko sa sinabi nya. Nagpasalamat? Para saan? Ang

weird yata non.

Baka wala sa sarili si Kuya Angelo non.

"Panung nagpasalamat?" Takang tanung ko.

Sandali nya kong tinignan bago humarap ulit sa daan. **"Ayaw ka daw kasi nyang idamay sa problema ng company."**

Yung namilog bigla yung mata ko. Parang gusto kong magtatalon sa tuwa. Ayaw talaga ni Kuya na ipakasal ako. Napipilitan lang talaga sya.

Gwapo talaga ni Kuya Angelo. Labs labs ko yun!

"T-talaga? Sinabi nya yun?"

Nag-nod sya habang nakatingin sa daan. **"Ang totoo, noon pa nagbibigay ng ibang business proposal samin si Angelo. Yung walang involve na kasal. Kayalang sinabihan ko si Tanda na wag tanggapin."**

Nawala yung ngiti ko at parang feel kong sapakin tong kausap ko. Buti nalang at biglang pumasok sa isip ko na tapos na yon. Noon pa yon at hindi na kami engage ngayon.

Kalma lang, kalma.

"Ginawa mo yun? Sira-ulo ka talaga." Medyo inis na sabi ko.

Bahagya syang tumawa na parang okay lang talaga sa kanya yung ginawa nya. Pasalamat tong mokong na to nabusog ako. Kung hindi nasapak ko na sya.

Natahimik ako ng may bigla akong naalala. Yung pag-lalasing ni Kuya nung nakaraan at yung pagiging miserable ng itsura nya.

"P-panu pala yung partnership ng company nila Kuya sa inyo? Wala nabang pag-asa yon?" Tanung ko.

Kita ko ang pag-lungkot ng muka nya kahit sa daan sya naka-tuon. Dun pa lang may hula na ko sa magiging sagot nya.

"I'm sorry Jay. Hindi na ko pinayagan nila Tanda na maki-alam sa usapin na yon."

Sabi na eh!

Alam ko naman kasing hindi papayag si Yuri na pabayaan ng ganun si Kuya. Mukang hindi nga natuwa ang pamilya nya sa nangyaring pagtigil ng engagement.

"...Pero yaan mo kapag may pagkakataon kakausapin ko si Otosan."

Kahit nabigyan ako ng pag-asa sa sinabi nyang yon, hindi ko pa rin maiwasan na hindi sya malungkot. Halos makuba na si Kuya sa pagta-trabaho. Ultimo, magka-girlfriend hindi na nya nagawa.

Nagtagal nga ang byahe namin dahil sa layo. 9pm na ng makarating kami sa bahay. Hindi ko na sya pinababa para ihatid ako sa gate. Masyado na kasing gabi.

Yakap-yakap ko pa rin ang bouquet na bigay sakin ni Yuri ng pumasok ako sa bahay. Patay ang ilaw sa sala pero may liwanag sa may hagdan. Didiretso na sana ako papunta sa kwarto ng biglang bumukas ang ilaw.

Nakaupo si Kuya Angelo sa sofa habang may hawak na baso at may bote ng alak sa lamesita sa harap nya. Seryoso syang nakatingin sakin.

"**What time is it?**" Walang buhay nyang tanung.

Hmmm... Time to sleep?

"**A-alas nuebe.**" Halos pabulong kong sagot.

Lumipat ang tingin nya sa bouquet ng bulaklak na yakap-yakap ko. Binaba nya ang basong hawak at unti-unti'ng tumayo.

"**Kanino galing yan?**" Tanung nya habang lumalakad palapit sakin.

Napahakbang ako paatras. "**K-kay...**"

"**Kay Keifer ba?**"

Umiling ako pero parang hindi nya tinanggap ang sagot ko. Nagulat ako ng makitang nanlilisik sa galit ang mata nya.

"**Halos gumapang kami dito dahil sa mga problema pero ikaw nagawa mo pang makipag-date.**" Madiin nyang sabi.

Napatigil ako sa pagatras ng duruin nya ang ulo ko. Sa sobrang diin ay napapikit ako. Gusto kong umaray dahil sa sakit pero pinili kong itikom ang bibig ko.

"**Sya ba dahilan kaya ayaw mong magpakasal kay Yuri?**" Dinuro na ulit nya ang ulo ko. "**...sya ba mas gusto mo? Pipili ka nalang yung latak pang katulad mo.**"

Latak?

Yun pala ang tingin nya sakin. Aaminin ko nasaktan ako sa sinabi nya. Latak sa lipunan kagaya ng mga kabataang walang kinabukasan.

Bigla nalang nyang hinablot ang bouquet sakin. Bumagsak ang mga luha ko kasabay ng pagka-bigla. Natatakot ako kay Kuya dahil sa ikinikilos nya.

Sandali nyang tinignan yung bulaklak bago yun ibalibag sa sahig. Sumabog ang mga petals nun sa ere. Hindi pa sya nakuntento a sinipa-sipa pa yun sa sahig.

Hinarap nya ako at tinuro ng daliri nya. "**Layuan mo si Keifer.**"

Tanga mo! Si Yuri nagbigay nyan.

Hindi ko na hinintay ang sunod na sasabihin nya. Mabilis akong tumakbo papasok ng kwarto at nilock ang pinto. Pinahid kong pilit ang mga luha ko.

Hindi ko alam kung bakit nagkakaganon si Kuya pero yung tuwa ko kanina nung sinabi ni Yuri na ayaw akong ipakasal ni Kuya, nawala yun lahat at napalitan ng takot.

Hindi ko maintindihan si Kuya.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 226

A/N: Hindi po ako Ka-Pampangan. I don't live in Pampanga. Bataan po ako, but there is a place here that somehow speak kapampangan. Ayun, na-adopt namin minsan yun mga words nila.

Maraming salamat dito! Pahabol po sa gawa ni CharinaMercado9

Freya Hidalgo

Michael Aries Fernandez

ELLA DIANNE HYUN

MICAELA 'MICA' YUMOL

Grace Miller

Kiko Evans

Rakki San Diego

cyrus velasco

Gift

Jay-jay's POV

Ma-angot pala sa hininga ang boy bawang. O sadyang mabaho lang ang hininga ko?

Ewwness... Hindi nag-toothbrush?

Gago! Naturingan kang konsensya pero hindi mo alam na nag-toothbrush ako. I brushed my tooth! Oo, tooth. Isa lang.

Pumasok kasi ako ng walang laman ang tyan. Hindi ako nag-almusal sa bahay, balak ko sanang bumili sa Mini mart pero sadyang malupit sakin ang tadhana. Paubos na ang allowance ko at kailangan ko pang pagkasyahin yun.

Napilitan akong pumasok ng Tom Jones. Pero mabait pa rin sakin ang langit. Dahil pag pasok ko, may nakalagay na chutchirya sa table ko. Wala sana akong balak pansinin yun pero tawag na ng sikmura ang nangibabaw.

Gandang almusal nito!

Napilitan akong kainin yun. Kung sino mang talipandas ang nagiiwan ng pagkain sa lamesa ko, ngayon lang ako magpapasalamat sa kanya.

"**Uy! Penge naman.**" Sabi ni Ci-N habang kumukuha ng chutchirya.

Hindi na ko nakapalag. Hawak na kasi nya at binubuksan na. Tuwang tuwa naman sya habang kumakain.

"**Hindi mo ba kilala kung sino nag-iiwan nito dito?**" Tanung ko sa kanya habang binubuksan ang isang Pillows.

Umiling sya. "**Hindi.**"

Naningkit ang mata ko sa kanya. Bakit parang wala akong tiwala sa sagot nya? Minsan ng naglihim sakin ang Batang Kumag na to, at hindi malabong ulitin nya yon.

"**Yung totoo?**"

Sumubo muna sya bago magsalita. "**Hindi talaga… Pero----.**" Nilunok nya muna ang kinakain. "**…Pero nadinig ko sila. Sabi nila, susuyuin ka daw nila kagaya ng ginawa namin ni Yuri. Kaya malamang isa to sa paraan nila ng panunuyo.**"

Susuyuin?! Nang ganun-ganun lang!

Anu akala nila basta-basta ako bibigay? Binigyan ko ng pagkakataon sila Ci at Yu dahil bukod sa panunuyo nila, aminado silang nagkamali sila. Eh sila'ng mga Pesteng Dimunyung Ulupong?! Taas noo pa minsan kapag humarap sakin.

Tapos suyo-suyo lang?! Hindi uy! Matigas to men! Kulang ang chutchirya sa buong pinas bago mapapayag ng mga ugok na to.

Tumayo si Ci-N at dumiretso sa likod para kumuha ng tubig sa water dispenser. Nagpakuha na rin ako dahil umandar na naman ang sakit ko.

May sakit ako.... Tamaritis! Only tamad people feel this! Hehehe

Dumating si Sir Alvin kaya napilitan akong linisin na ang mga kalat sa table ko. Nagsimula ang klase at parang bumalik kami sa dati ni Ci-N at David.

Yung tipong pagtalikod ni Sir habang nagtuturo, paglalaruan namin si David na natutulog at aarteng walang nangyari kapag nagising sya.

Kahit nakakatuwa, hindi ko mapigilan na hindi maramdaman na parang may kulang. Tumingin ako sa likod at napatingin sa upuan ng Hari.

Panu kung hindi na talaga sya bumalik?

Lumipat ang tingin ko kay Yuri na kasalukuyang nagsusulat. Concentrate ang luko at hindi maalis ang tingin sa board. Yung ang angas nyang tignan dahil sa pulang buhok tapos nerd naman pala.

Binalik ko ang tingin sa harap at kuwaring nakinig din kay Sir---- kahit hindi naman talaga. Natapos ang klase nagbilin si Sir ng review dahil next month na ang pang-apat na exam.

Pagkatapos non, yung Post-Final exam. Dun na malalaman kung pwede maka-graduate ang istudyante o hindi. Bakit kaya may ganun pa? Panu kung pasado sa lahat ng exam pero bagsak naman don? Edi hindi ga-graduate?

Sakit yata sa damdamin non.

Habang naghihintay ng sunod na teacher, nakarinig kami ng ingay sa labas lang ng room namin. Sila Denzel na nasa tabi ng bintana ang sumilip.

"**Mga Section D.**" Sabi nya.

Akmang tatayo na ang mga Ulupong para puntahan ang mga

Section D sa labas ng biglang may naghagis ng paputok sa loob ng room namin.

Yung tinatawag na Sintoron ni Hudas. Nabigla kami pare-pareho at napalitan yung ng takot ng makita naming may sindi ang mitsa non. Dali-dali kaming nagtakip ng tenga ng sunod-sunod na pumutok non.

Naipon ang usok sa loob ng room. Nagpuntahan kami sa bandang likod ng room para makalayo sa paputok.

Panay ang sigaw ni Ci-N pero hindi ko marinig ang sinisigaw nya.

"**Inaatake tayo! Katapusan na natin! Malapit na tayong mamatay!**" Sigaw nya na huli ko na naintindihan.

Paputok lang yan! Hindi Armalite!

Panay pa rin ang putok non at ang masama pa, halos hindi na makahinga ang iba samin dahil sa usok. Gusto ko ng lumabas pero hindi ko magawa dahil malapit sa pinto yung paputok.

Napatingin ako kay David ng mapansin kong naka-dukdok pa rin sya sa table nya at tulog na tulog. Ewan ko lung manhid ba ang luko at hindi man lang maramdaman o marinig yung paputok.

"**HOY! DAVID!**" Sigaw ko pero mas malakas pa rin ang paputok.

"**SI DABID! PATAY NA YATA!**" Sigaw ni Ci-N sa mismong tenga ko.

Napailag ako, panu talsik pa ang laway nya. Muntik ng maligo ang muka ko.

May rabis pa naman to!

Dahil hindi gumagalaw si David sa kinauupuan nya. Binato ko sya ng notebook na nadampot ko. Sampol sa ulo.

Gumalaw sya at umubo ng umubo. Nahirapan sigurong huminga dahil sa usok. Tumayo sya at tinanggal ang headset sa tenga.

Kaya pala hindi nagigising dahil sa ingay.

Lumingon sya at parang hinanap kami. Mabilis naman syang lumapit samin ng makita kaming lahat na nagkumpulan sa likod.

"**Anu'ng nangyari?! San galing yan?!**" Tanung nya.

Bigla nalang sumakay si Ci-N sa likod nya habang paulit-ulit na sumisigaw.

"**INAATAKE TAYO NG TERORISTA! MA-MAMATAY NA TAYO!**"

Hindi na nakapag-salita pa si David. Sakal-sakal kasi sya ni Ci-N habang niyu-yugyog mula sa likod.

Kinusot ko ang mata ko. Humahapdi na kasi yon dahil sa usok. Pakiramdam ko pinipiga ang baga ko at nagsisimula na kong mahirapang huminga.

Mamatay yata ako dito dahil sa suffocation.

Napatingin kami sa likod ng makarinig kami ng bumagsak na bagay. Tumumba ang water dispenser habang kinukuha ni Blaster ang galon.

Marami pang laman yun kaya naman nahirapan sya nung una. Buong lakas nyang binuhat yon at binato sa paputok na nasa harap.

Segundo lang ang binilang at tumigil ang pagputok. Labak nga lang ang sahig.

"**Namatay na! Lumabas na tayo!**" Sigaw ni Eman at yun nga ang ginawa namin.

Tinulungan ako ni Yuri na makatayo at inalalayan hangang sa makalabas. Kanya-kanya ng paghahabol ng hininga. Halos hikain ang iba samin.

"**Anu ba?! Bumaba ka nga?!**" Inis na sabi ni David habang pinapa-alis si Ci-N sa likod nya.

"**Ayaw! Dito na ko titira sa likod mo!**"

Baliw talaga! Anu yang likod ni David? Bahay?

Napapailing nalang kami. Sa kabila ng nangyari samin may enerhiya pa syang mangulit. Samantalang kami pare-parehong hindi nakahinga sa loob. Buti nalang at nakaisip agad ng paraan si Blaster.

"**Nagustuhan nyo ba regalo namin?**"

Pare-pareho kaming napatingin sa nagsalita. Si Mykel kasama ang ilan sa Section A at syempre yung mga Alipores nilang Section D.

"**Anu na naman ba to Mykel?!**" Galit na tanung ni Yuri.

"**Ganti-ganti lang yan!**" Sagot nya at malakas ang naging tawanan nila.

Nagkuyom ang kamao ko. Hindi ba talaga titigil ang isang to? Pinaiyak na sya ni Kuya Angelo. Walang kadala-dala.

Bigla nalang may naghagis ng pikolo at halos madapa kami sa pag-iwas don. Nagtawanan naman sila na parang sobrang nakakatawa ang mga itsura namin.

"**Dabid! Mga terorista yan!**" Sigaw ni Ci habang niyu-yugyog na naman si David.

"**Tumigil ka! Nakikita ko!**" Inis naman na sagot ni David.

Saan ba nang-gagaling ang kakulitan ni Ci-N? At bakit ba ayaw nya pang bumababa sa likod ni David? Buti sana kung ang gaan-gaan lang nya.

Epekto ng Boy Bawang o kaya ng usok!

"**Pwede ba, umalis na kayo!**" Galit na sigaw ni Rory.

"**Tapang! Wag ka mayabang! Wala si Keifer dito!**" Nagyayabang na sagot ni Mykel.

"**Kahit wala si Keifer dito, lalabanan namin kayo!**" Sagot ni Kit.

"**Anu pa hinihintay nyo?! Laban na!**" Sigaw nung isa sa kasama ni Mykel.

Akmang susugod na ang mga Ulupong pero biglang dumating si Sir Alvin. Kasama ng ilang mga Teacher.

"**Section E! Ayos lang ba kayo?**" Tanung nya samin. "**...May nagsabing may usok daw galing sa loob ng room nyo! May sunog ba?**"

Unti-unti'ng nag-alisan ang mga Section D at A. Hindi naman na sila pinansin ng mga teacher at nag-focus lang samin. Buti nalang at nawala na ang usok galing sa loob ng room.

"**Hindi po sunog. May naghagis lang po ng paputok sa loob ng room.**" Si Yuri ang sumagot.

"**Paputok?!**" Takang tanung ng isa sa kasama ni Sir. "**...Nagdala kayo ng paputok sa school?**"

"**Hindi po kami... Yung grupo ni Mykel ang may gawa non.**" Sagot ni Edrix.

"**At bakit naman nila gagawin yun?**" Sabat ng isa pang teacher na lalaki.

Si Josh ang sumagot. "**Bakit naman nila HINDI gagawin yun?**"

Napalitan ng tingin ang mga teacher maliban kay Sir Alvin. Yung pakiramdam na parang meron silang kinakampihan. Tono pa lang ng pananalita at tinginan, alam na this.

Alam na alam na this!

"**May nasaktan ba sa inyo?**" Tanung ulit Sir.

Nagtinginan ang lahat ng Ulupong. Naghihintay kung sinong magsasalita. Nang mapagtanto na wala, si Rory na ang sumagot.

"**Wala naman----.**" Naputol ang sasabihin nya dahil sa biglang pagsingit ni Ci-N.

"**Meron!**" Sigaw nito at syempre nakasakay pa rin sa likod ni David. "**...masakit ang puso ko! Broken hearted ako! Hindi ako pinapansin ni Rakki kanina!**"

Napakamot nalang si Sir sa ulo nya. Sanay naman na sya sa kakulitan ni Ci-N kaya hindi na namin kailangang magpaliwanag sa kanya.

"**K-kung may nasaktan man, dumiretso kayo sa clinic para matignan.**" Sabi ni Sir at naglakad papunta sa room namin.

Sinilip nya ang room at napangiwi sya ng makita ang kalat sa sahig.

"**Kami na pong bahala dyan sir. Okay na po kami. Salamat po sa pag-aalala.**" Sabi ni Yuri.

Ngumiti si Sir samin at nag-nod. Nagbilin ulit sya bago tuluyang umalis kasama ng mga kapwa nya teacher.

"**Sir! Pansinin nyo ko! Masakit ang damdamin ko!**" Sigaw ni Ci-N.

Napatingin ako kay David ng mapansin kong namumutla sya. Sakal-sakal na naman kasi sya ni Ci habang nagsusumigaw.

Hinampas ko ng malakas sa braso ang Batang kumag. Inis nya kong tinignan.

"**Masakit ang damdamin ko!**" Sigaw nya sa pagmumuka ko.

"**Sinasakal mo si David!**"

Nataranta syang bumitaw at mabilis na bumaba mula sa pagkakasakay sa likod ni David. Habol hininga naman tong isa.

"**May araw ka rin sakin.**" Halos pabulong nyang sabi kay Ci.

Ngumisi lang naman ang Batang Kumag sabay peace sign. Pumasok na sa room ang ibang Ulupong kaya sumunod na kami. Kinuha ni Eman ang gallon na may kaunti pang laman at ibinalik sa water dispenser na inayos naman nila Kit at Eren.

"**Sabog ata ang mga Section D na yon! Tayo pa talaga pinag-tripan nila!**" Inis na sabi ni Felix.

Sobrang haba ng paputok. May natira pa palang halos kalahati. Si

Eren ang kumuha non at nilabas ng room pero bago tuluyang makalayo pinigilan sya ni Ci-N.

"Wag mo muna itatapon. May naiisip ako'ng gagawin dyan." Sabi nya at sumilay ang nakaka-lokong ngiti.

"Hoy! Kung anung kalokohan na naman yang nasa isip mo!" Sita ko sa kanya.

Humagikgik lang naman sya at tinalikuran ako. Hindi ko na napansin kung saan nagpunta si Eren. Sana lang itapon nalang nya yung paputok na yon.

Nanguha ng map at basahan sila Drew at Mayo. Sila na naglinis ng kalat sa sahig. Nakitulong na rin ako sa kanila. Mukang dahil sa nangyari hindi na kami pinuntahan ng teacher namin. Baka hinayaan nalang kaming makapag-pahinga.

"Bigyan na natin ng ultimatum yang si Mykel ng tumigil na." Dinig kong sabi ni Eren.

"Parang ganun kadali yun ah!" Medyo inis ma sagot ni Mayo.

"Madali lang yun. Naduduwag ka lang." Parinig ni Eren at pabatong binitiwan ni Mayo ang basahang hawak.

"Anu'ng sabi mo?!" Galit na sabi nya at akmang susugod pero mabilis na pumagitna si Denzel at Edrix.

"*Tama na! Awat na!*"

"*Mag-aaway pa eh!*"

"*Tumigil tumigil!*"

"Maglayo nga kayo!" Sigaw ni Calix sa kanila.

Ginawa naman nila yung sinabi nya pero nagpalitan muna sila ng matalim na tingin na parang nagbabanta sa isa't isa.

Pinairal pa talaga nila init ng ulo nila.

Matapos maglinis, kanya-kanya na naman kami. Mukang hindi na rin kami pupuntahan ng ibang teacher kaya naisipan ni Eman na magluto na ng pananghalian.

Habang pasimple sila'ng nag-uusap, kinuha ko yung cellphone ko. May textmessage ako galing sa GagongBaliw pero hindi sya ang pakay ko.

Tinext ko si Percy na dalhan ako ng pananghalian. Wala akong balak na ulitin yung kahapon. Anu sila? Inu-unti-unti lang nila ako. Palagay nila sakin uto-uto?

Uyyy... Amoy adobo!

Napatingin ako kay Eman. Mukang Adobo ang niluluto ng Ulupong. Parang gusto ko tuloy dito nalang kumain.

Sige dito nalang!

Pero hindi pwede. Parang sinabi ko na rin na pinapatawad ko na sila. And it's a no no no no check!

Pere mesherep elem!

Naku! Tuluyan na kong nahawa sa pagiging patay guts ng mga Ulupong. Pero hindi ako papatalo. Hindi ako kakain dito! Kahit lechon pa ang iluto ni Eman.

"**Kain na tayo Jay!**" Aya ni Ci.

Tinitigan ko sya. "**Meron akong ipapagawa sayo.**"

"**Anu yun?**" Nakangiti nyang tanung habang lumalapit sakin.

Bumulong ako sa kanya. "**Ikuha mo ko ng pagkain tapos wag mo ibibigay sakin.**"

Napakamot sya ng ulo at taka akong tinignan. "**Ha?**"

"**Basta kumuha ka... Wag mo ipapahalata tapos dalin mo don sa tambayan natin sa taas.**"

Dahan-dahan syang nag-nod. "**Sige.**"

Ayos! Umaandar talaga ang katalinuhan ko kapag usapang pagkain.

Saktong natapos magluto si Eman ang pagtunog ng bell. Lunch na at tumayo na ko para lumabas pero agad akong hinarang ni Felix.

"**Dito ka na kumain.**" Sabi nya habang nakangiti.

Umiling ako. "**Nagtext ako kay Percy. Parating na yon.**"

"**Sabay ka na----.**"

"**Hindi na.**" Seryosong sabi ko.

Napayuko sya kasabay ng pagpipilit ng ngiti. Mukang nakuha naman nya na hindi talaga nya ko mapipilit. Nilagpasan ko sya at dumiretso na palabas. May huling pagsulyap pa ko kay Ci bago tuluyang maka-alis.

Adobo! Adobo! Ahihihi...

Pagpunta ko sa second floor ng building, nakarinig ako ng pagsara ng pinto. Awtomatikong napatingin ako sa dulong kwarto kung saan nakalagay yung mga picture ng dating Section E.

Wala ibang pwedeng magbukas ng room na yon, dahil nakay Keifer ang susi non. Unless nalang iniwan nya kay Yuri pero andun sya sa room.

Lumapit ako don at pinakiramdaman kung may tao sa loob. Sinubukan ko ding pihitin ang doorknob pero naka-lock. Kumatok din ako sa pagbabaka-sakali na merong magbubukas ng pinto.

Weird! Pero narinig ko talaga na may sumarang pinto.

Nagkibit balikat nalang ako. Baka pinto sa room namin yun. Napalakas lang siguro ang pagkakasara. Naglakad na papunta sa tambayan namin malapit sa hagdan sakto namang parating si Ci-N pero wala syang dala.

"**Asan na?**" Iritable kong tanung.

Ngumuso sya sa bandang baba ng hagdan at ng sundan ko yun, paakyat ang Felix dala ang dalawang plato na puno ng kanin at ulam.

Shutanginamers!

Kaya ko nga pinadala dito, para walang maka-alam na para sakin yun. Mahigpit ang bilin ko sa kanya na wag papahalata.

"**A-anu yan?**" Kuwaring inis kong tanung.

"**Tinulungan ko lang si Ci-N na dalin to dito.**" Nakangiting sagot nya. "**...Alam ko namang hindi to para sayo.**"

Tulok mo! Ako pa ginawa mong shunga!

"**Tse!**" Tinignan ko si Ci-N na kinakalikot ang tenga habang nakatingin sa malayo. "**...Kumain kana. Hihintayin ko pa si Percy dito.**"

Inosenteng tumingin sakin si Ci at kinuha ang dalawang plato na ini-aabot sa kanya. Ngumiti ulit sakin ang Felix bago tumalikod para umalis.

Bago sya tuluyang makababa pinahinto ko sya. Taka syang nakatingin sakin.

"**Wag kang magkaka-maling sabihin to sa mga kapwa mo Ulupong.**" Banta ko at kinindatan naman nya ko bilang sagot.

Tsk! Yabang....

Nagsisimula ng kumain si Ci-N ng balikan ko sya. Busy ang luko at hindi man lang ako pinapansin. Dahil wala naman ng istorbo kumain na rin ako.

Ilang sandali lang at dumating na rin si Percy. Naka-ngiti pa sya sakin pero napalitan yon ng ngiwi ng makita nya si Ci-N na hindi naman sya pinansin.

"**Bakit andito yan?**" Bulong nya sakin habang inaabot ang dalang plastic.

Take out sa fast food ang dala nya. Kinuha ko yun nilapag sa harap namin.

"**Inutusan ko kasi sya kanina. Kain na.**" Aya ko pero umiling sya.

"**Kumain na ko sa bahay.**"

Pinagmasdan ko ang muka nya. Para kasing ang tamlay nya tignan pero tinatago nya yun sa pag-ngiti. Idagdag pang parang namumutla sya.

"**Okay ka lang ba? Parang namumutla ka.**" Sabi ko at akmang hahawakan ang leeg nya pero mabilis syang umiwas.

"**Okay lang ako. Ako pa!**" Nakangiti nyang sabi. "**...Hindi kabawasan ang pamumutla sa ka-gwapuhan ko.**"

Ay okay lang talaga sya! Kapal muks pa rin eh.

Biglang huminto si Ci-N sa pagkain. "**May bagyo ba? Lakas ng hangin eh.**" Inosente nyang sabi.

Agad naman syang tinignan ng masama ni Percy. "**Oo! May bagyo... Ingat ka ah? Baka tangayin ka ng hangin, ang liit mo pa naman.**"

Sinabayan naman ni Ci ang tingin nya. "**Wag ka masyado magyayabang para hindi lumakas ang hangin.**"

"**Kelan pa naging kayabangan ang kagwapuhan ko?!**"

"**Tuwing sinasabi mo!**"

"**Inggit ka lang! Mas gwapo ako sayo!**"

Tinignan ni Ci ang muka nya na parang sinusuri. "**Saang banda? Hindi ko makita!**"

"**Bansot na nga bulag pa!**"

"**Panget na nga mayabang pa!**"

Yung sa halip na awatin sila, pinanood ko nalang. Mas gusto kong

unahin ang pagkain. Kapag talaga ang dalawang to ang magkasama, laging gumagawa ng eksena.

Sige lang! Push nyong dalawa yan!

Nang matapos kumain, nag-paalam muna akong mag-CR. Iniwanan ko muna sila. Dahil lunch time, may mga tao sa loob ng dumating ako.

"Hindi talaga sila pumasok?"

"Oo... Yung grupo ni Mykel."

Dinig kong usapan ng ilang babae habang nasa cubicle ako. Si Mykeliling ang pinag-uusapan nila.

"Diba sila yun? saan sila pupunta?"

"Ewan. Wag na tayo maki-alam dyan. Tara na."

Mukang umalis na yung mga babae. Lumabas din ako agad ng cubicle at mabilis na naghugas ng kamay. Paglabas ko ng CR napansin ko yung ibang studyante na parang may tinitignan tapos mag-aalisan.

Tinignan ko din yun pero grupo lang ni Mykel na palabas ng school ang nakita ko.

Anu kayang meron?

Nagkibit balikat nalang ako at bumalik na sa building namin. Nasa hagdan na ko ng masalubong ko si Percy.

"Asan si Ci-N?" Tanung ko.

"Bakit sakin mo tinatanung?"

Taka ko syang tinignan. **"La! Magkasama kayo diba?"**

"Sinundan ka nya! Sabi nya ang hangin ko daw kasama kaya sinundan ka."

Pakshit! Pero hindi ko sya----yung grupo ni Mykel.

Bigla nalang bumilis ang tibok ng puso ko. Kinain ng kaba ang buo kong katawan. Hindi ko maintindihan pero pakiramdam ko may hindi magandang nangyari.

Napatakbo ako papunta sa gate ng school pero wala na sila don. Sinubukan kong lumabas pero wala na rin sila. Lumapit ako sa gaurd na kasalukuyang nakaharap sa cellphone nya.

"**Kuya! Nakita nyo bang lumabas yung grupo ng mga istudyante kanina?**" Nag-aalalang tanung ko.

Binaba nya ang cellphone at bored akong tinignan. "**Yung grupo nung Mykel ang huling lumabas.**"

"**Nakita nyo ba kung may kasama silang lalaki na ganito kalaki.**" Minwestra ko ang hieght ni Ci. "**...Bata tignan tapos maputi----.**"

"**Yung Section E na bata ba? Oo, kasama nila.**"

Para akong binuhusan ng malamig na tubig. Anung balak nila kay Ci-N? Anung gagawin nila? Wala ba talaga silang balak tumigil?

Hintayin mo ko Ci! Hahanapin kita.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 227

A/N: Nakakalungkot 😔😔. May sumuko na naman sa laban nya sa Depression at piniling iwan ang pamilya nya at mga nagmamahal sa kanya.

Please... Wag po sana nating kalimutang tanungin ang mga taong malapit satin kung okay lang sila o may nararamdaman sila. Lagi nyong ipaparamdam na andyan lang kayo para sa kanila.

At para sa inyo na nakakaramdam ng Depression o yung pakiramdam na gusto nyo ng tapusin ang buhay nyo lagi nyong tatandaan to.



#;KeepGoing

Blood

Jay-jay's POV

"**Wala na bang ibibilis to?!**" Taranta kong tanong.

"**Kahit bilisan ko ang takbo nito kung hindi naman natin alam kung saan ang pupuntahan... Wala rin!**" Inis na sagot ni Percy.

Hindi ko alam kung saan na kami nakarating. Kanina pa kami pa-ikot-ikot malapit sa school. Alam kong hindi pa sila nakakalayo ng

husto.

Saan na kaya nila dinala si Ci-N?

"Tawagan mo na yung mga kaklase mo! Mas mabilis mong mahahanap yung bata sa tulong nila!"

Napailing ako. **"Wala yung cellphone ko! Naiwan ko sa bag."**

Hindi na kasi ako bumalik sa room. Tumakbo na ko palabas ng school at hindi ko namalayan na sumunod pala sakin si Percy.

Pinigilan nya ko at tinanong. Sinabi ko sa kanya na kasama ni Mykel si Ci-N at masama ang kutob ko. Agad nya kong pinasakay sa kotse nya para maghanap pero hangang ngayon hindi pa rin namin sila makita.

"Gamitin mo tong cellphone----." Hindi na nya natapos ang sasabihin.

Nabitawan nya ang cellphone na iaabot sana nya sakin at napasigaw sya sa hindi ko maintindihan na dahilan. Natakot ako sa naging reaksyon nya. Masama pa nito nawalan din sya ng kontrol sa manibela.

"P-percy?! A-anung nangyayari sayo?!" Tarantang tanong ko.

Tuloy-tuloy pa rin ang andar ng kotse. Babangga kami kung hindi sya hihinto kaya naman hinawakan ko ang manibela at tinapakan ang preno. Halos masubsob kami pareho dahil sa biglaang paghinto.

"Aaaarrrrrgggghhhhh...." Inda nya na parang may masakit sa kanya.

Pvtang'na! Anung nangyayari?!

Natatakot ako! Hindi ko maintindihan ang nangyayari sa kanya. Tinignan ko ang kabuuan nya at para syang hindi makagalaw. Naninigas ang mga daliri nya at una't na unat ang binti.

"P-percy!"

Nakapikit sya at tagaktak ang pawis kahit naka-aircon ang kotse. Nasabunutan ko ang sarili ko. Hindi ko alam ang gagawin.

"**P-percy...**" Naiiyak kong tawag sa kanya. "**...H-hihingi ako ng tulong.**"

Tinanggal ko ang seatbelt ko at akmang lalabas ng sasakyan ng bigla syang magsalita.

"**W-wag...**" Pati pagsasalita halatang hirap sya. "**...A-alis na! Punta...han mo.....bata!**"

Gusto nyang iwan ko sya at puntahan ko na si Ci-N. Paulit-ulit akong umiling.

"**Hindi kita pwedeng iwan ng ganyan!**"

Naguguluhan na ko! Hindi ko na talaga alam ang gagawin!

Napatingin ako sa cellphone nya na nasa sahig. Kinuha ko yun at pinagpipindot. Alam ko na ang password non kaya hindi ako nahirapang buksan.

Habang naghahanap ng number na pwedeng tawagan, hinampas nya ng malakas ang kamay ko dahilan para mabitawan ko ang cellphone.

"**Percy!**" Sita ko sa kanya.

Galit syang nakatingin sakin sa kabila ng sakit na nararamdaman.

"**Alis....n-na! K-kaya....ko....pa!**"

Pinunasan ko ang mata ko na nagbabadya ng luha. "**Hindi kita iiwan!**"

Tinitigan nya ko sa mga mata. Para bang naiinis sya na hindi ko sya sinusunod. Ilang sandali pa kaming ganun ng bigla syang huminga ng malalim.

"**K-kaya....ko.**" Halos pabulong nyang sabi. "**....T-tawag....ako....tulong. Alis na.**"

Pero panu kung hindi sya makahingi ng tulong?!

"**Hihingi muna ako ng tulong... Tapos hahanapin ko na si Ci-N.**"

Tinangka kong kuhanin ang cellphone nya pero hindi ko makita kung saan napunta. Naramdaman ko ang pagdampi ng kamay nya sa braso ko.

"**Alis na!**" Sigaw nya at tinulak ako. "**...H-hanapin mo....Bata!**"

"**Percy naman!**"

Tinulak ulit nya ko. "**A-ako....h-hihingi....tulong! Alis!**"

Tuluyan ng bumagsak ang mga luhang pinipigilan ko. Ayoko syang iwan pero kailangan ko ding hanapin si Ci-N. Binuksan ko ang pinto ng kotse at lumabas.

Tinignan ko si Percy at pinilit nyang ngumiti sakin. Para bang sinasabi nya na magiging okay din sya. Nag-nod ako sa kanya at sinara ang pinto ng kotse.

Mabilis kong pinunasan ang luha ko. May tiwala ako kay Percy. Kung sinabi nyang magiging okay sya----magiging okay sya! Wala akong sinayang na oras, nagtatakbo ako papunta sa kung saan.

Iniisip ko rin ang mga posibleng pagtambayan ng grupo ni Mykel. Huminto ako sa tapat ng pedestrian lane.

Isipin mong mabuti Jay! Saan ba tambayan ng Mykeliling?!

Tatawid na sana ako ng makita ko ang dalawang istudyante sa kabilang daan. Taga-HVIS din sila dahil sa uniporme. Tinitigan ko silang mabuti at dun ko lang napagtanto na Section D ang dalawang yun.

Dali-dali akong tumawid at muntik pa kong masagasaan. Bumusina ng malakas yung driver kaya naagaw yung atensyon ng dalawang Section D. Mukang nakilala ako ng dalawa dahil bigla silang tumakbo palayo.

Humanda kayo sakin kapag naabutan ko kayo! Raaawwrrr!

"**Mga punyeta kayo!**" Sigaw ko sa kanila.

Pumasok sa isang kanto ang mga Gago. Napaiwas ang mga taong nakakasalubong nila. Malapit-lapit na kong mapagod sa ginagawa nila. Bumagal ang pagtakbo ko at kinuha ng dalawa ang pagkakataon para sumuot sa isang eskenita.

Akala yata nila hindi ko sila nakita. Bago ako lumapit sa eskenita'ng yon, kinuha ko ang isang basurahang drum na walang laman. Kahit mabaho----wala akong paki!

Kita'ng-kita ko silang nagpapahinga habang nakasandal sa pader. Walang pakundangan kong binato sa kanila yung basurahan. Nasubsob pa ang isa sa kanila sa sahig sa tangkang pag-iwas.

"**Hinayupak kayo! Pinahirapan nyo ko!**" Inis na sabi ko at pinag-sisipa yung nasa sahig.

Tangkang tatakbo na naman yung isa sa kanila pero mabilis ko syang dinampot sa kwelyo nya sa batok. Buong lakas ko syag binalibag sa pader.

"**Asan si Ci-N?!**"

Walang nagsasalita. Kanya-kanya sila ng inda sa sakit na nararamdaman. Nasasayang ang oras na wala silang kibo.

Ayaw magsalita! Teka...

Tinapakan ko yung muka nung nasa sahig. "**Hindi ka magsasalita?!**"

"**A-aray! Masakit! Masakit!**" Sigaw nya.

Yung isa naman ang binalingan ko. Nginudngod ko ang muka nya sa pader. Hindi ko pa rin inaalis ang paa ko sa muka nung isa.

"**Aray! Aray! Tama na! Masakit!**" Sigaw naman nya.

"**ASAN SI CI-N?!**"

"**K-kasama nila Mykel!**" Sagot ng nasa sahig.

Ay alam ko! Malamang! Susugurin ko kaya kayo kung hindi kayo connected kay Mykel?!

Diniinan ko ang tapak sa muka nya. "**Saang lugar?!**"

"**Aaaaaarrrrraaaayyyyyy!**" Sigaw nya kasabay ng pag-iyak.

Yung nakangudngod naman sa pader ang pinagdiskitahan ko. Lalu ko pang dinikit ang muka nya don.

"**Halikan mo yang pader!**" Sigaw ko sa kanya. "**Asan yung Mykeliling na yon?!**"

Halos magsanib pwersa na ang muka nya at ang pader. Sagad na sagad ang nguso nya kaya halos hindi sya makapag-salita. Bahagya kong nilayo ang muka nya para bigyan sya ng pagkakataon magsalita.

"**S-sa Ancestral house n-nila Mykel. Dalawang k-kanto mula dito.**" Sagot nya.

Binitiwan ko sila pareho at akmang aalis na pero binigyan ko muna sila ng ultimatum. Sinipa ko sa sikmura yung isang nasa sa sahig at sinuntok ko naman yung nakatayo. Pareho silang namalipit sa sakit.

Hindi na ko nagsayang ng oras. Tumakbo ako ng tumakbo hangang sa isang malaking gate na may mataas na bakod ang tumanbad sakin. Nakita ko mula sa labas si Mykel na naninigarilyo at tumatawa pa.

Nababalutan ng halaman at kalawang yung gate. Lumang malaking bahay naman ang nasa loob noon. Bubuksan ko na sana ang gate para sumugod pero may kamay na humawak sa bibig at mga braso ko.

"**May bisita tayo!**" Nakatawang sabi nung may hawak sakin.

Mga bwisit!

Binuksan nila ang gate at inilapit ako kay Mykel. May ilang beses akong kumakawala sa kanila pero walang saysay yon. Alam kong hindi lang isa ang may hawak sakin.

Nakangiti ang Mykel habang palapit ako sa kanya. Tinapon nya pa ang sigarilyo'ng hawak.

"**Look who's here!**" Sabi nya at nilapit pa ang muka nya sakin.
"**...Alam kong darating ka.**"

Gusto'ng gusto ko ng padapuin ang kamao ko sa muka nya pero mahigpit ang pagkakahawak sakin.

"**Sa loob yan... Bagong laruan.**" Utos nya habang tinuturo ang bahay na nasa likod nya.

Shit!

Pinilit kong hatakin ang mga braso ko pero kasabay non ang paghatak nila sakin papasok sa bahay. Sa pagpupumiglas ko, nabitawan ng isa ang bibig ko.

"**Punyeta kayo! Nasan si Ci-N!**" Sigaw ko pero pagtawa lang ang naging sagot nila sakin.

Tawanan nyo ko! Sige! Mamaya ako naman ang tatawa!

Pagpasok sa loob ng bahay----*uy! Chandelier!* Hindi kalakihan pero sapat sa mataas na kisame ng bahay. Puro balot ng kumot na puti ang mga gamit, kahoy ang sahig at makakapal ang mga kurtina'ng nakasara.

Nakita ko si Ci-N na nakadapa sa sahig. Tinatapakan ng isang Section D ang ulo nya pero nakaharap sya sakin.

"**Jay-jay!**" Namamaos na sigaw nya.

Nang makalapit ng husto dun ko nakita ang itsura nya. Dumudugo ang ilong at nag-sisimula ng mangitim ang gilid ng mata at gilid ng noo. May mga galos din sya at madumi ang uniform na suot.

"**Ci-N!**" Sigaw ko at akmang lalapit pero pinigilan nila ko.
"**...bitiwan nyo ko!**"

Nakarinig ako ng pagsara ng pinto. Nag-echo yun sa buong bahay, dahil sa laki at bigat.

"**Tayo nyo yan.**" Boses ni Mykel mula sa likod ko.

Tinayo nila si Ci-N pero mabilis din syang napaluhod dahil sa panlalambot. Nanlumo ako sa kabuuan nya. Halatang pinagtulungan at sinigurado'ng hindi makakalaban.

"**Ci…**" Tawag ko sa kanya.

Napayuko ako ng pilitin nyan ngumiti. Nahihirapan akong makita syang ganito. May biglang humawak sa panga ko at pilit tinaas ang ulo ko.

"**Tignan mo sya.**" Utos ni Mykel sakin habang naglalakad palapit kay Ci. "**…tignan mo syang mabuti dahil ganito rin ang mangyayari sa mga kaklase mo.**"

Bigla nalang nyang sinikmuraan si Ci-N. Halos bumagsak na ang katawan nya pero dahil sa pagkakahawak sa kanya, nanatili pa rin syang nakatayo.

"**Bwisit ka! Ako ang labanan mo!**"

Tinawanan ako ng mga ugok. Bigla nalang may sumipa sa isa sa mga tuhod ko mula sa likod. Napaluhod ako at pilit nilang pinadapa. Walang sinayang na pagkakataon ang mga Gago. Hinawakan nila ang magkabilang braso at binti ko.

"**Hindi kita lalabanan. Ang prinsesang katulad mo dapat pinapaligaya.**" Sabi nya na nagbigay ng kilabot sa buong katawan ko.

Punyeta kang Maykeliling ka! Makawala lang talaga ako dito!

Naramdaman kong may tatlong daliri na dumampi sa hita ko. Nagtatawanan ang mga ugok na nakapaligid samin.

"**Itigil mo yan! Gago ka!**" Sigaw ko habang pilit pumapalag.

"**Sabihin mo…**" bulong sakin ni Mykel. "**…natikman ka na ba ni Keifer?**"

"**Alis! Lumayo ka sakin!**"

Parang sasabog ang puso ko sa kaba. Masakit sa dibdib at halos hindi na ko makahinga. Nangingilid na rin ang luha ko.

"**Bitiwan nyo ko!**"

"**Bata!**" Tawag ni Mykel kay Ci-N at pilit nila syang hinarap sakin. "**...panoorin mo gagawin namin sa kaibigan mo!**"

Aaaaagghhhh! Putang'na!

Ang kaninang nakadampi lang sa hita ko ngayon ay humihimas na. Lalo akong nagpapasag na parang isda na na nawala sa tubig. Umaakyat ang kamay na yon hangang sa naramdaman ko ang pagtaas ng palda ko.

"**Naka-sikeling short!**" Dismayadong sabi ng isa.

Next time mag-brief ako para hindi nakakahiya sa inyo!

"**Okay lang----.**" Hindi na natapos ni Mykel ang sasabihin nya.

Tumilapon sya kasama ang isa sa may hawak sakin kaya nakalaya ang isang braso ko. Tinignan ko kung sinong may gawa non. Nanlalambot na napa-luhod si Ci-N sa harap ko. Mukang pinilit nyang labanan ang may hawak sa kanya para tulungan ako.

Hindi ko na sinayang ang pagkakataon. Pilit kong binawi ang mga braso at binti ko mula sa pagkakahawak. Dala na rin siguro ng pagkabigla sa pagbagsak ni Mykel hindi na nila ko napansin.

Bumangon ako at sinipa ang pinaka-malapit sakin sa muka. Dun lang nagising yung iba at mabilis na sumugod sakin at naging alerto ako.

Sinuntok ko yung isa pero naka-iwas sya. Kinuha ko ang pagkakataon para hablutin ang batok nya at mabilis syang tinuhod sa sikmura. May ilang sumugod na dinaan ko naman sa suntok at sipa.

Bago pa makalapit yung iba, sinugod ko si Mykel na kasalukuyang tumatayo at pinupunasan ang labi. Sinuntok ko sya at sinundan ng sipa sa dibdib. Bumagsak sya at tila nanghina. Umubo pa sya ng

ilang ulit.

Nakaganti rin ako sayo!

Nilingon ko si Ci-N at nakita ko syang nakasandal sa isang poste. Nag-thumbs up pa sya sakin sabay ngiti. Napatingin ako sa lalaking nasa likod nya at akmang susugod sakin ng may biglang matigas na bagay ang tumama sa ulo ko.

Tumilapon ako sa sobrang lakas. Parang bumagal din ang paligid at hindi parang naguluhan ako sa mga nakikita ko. Pakiramdam ko hindi pantay ang lupa.

Pinikit ko ang mga mata ko at naramdaman ko ang pagkabasa ng ulo ko. My kung anung likido na sa ulunan ko na palagay ko ay galing din sakin.

"**JAY-JAY!**" Dinig kong sigaw ni Ci-N.

Kumikirot ang ulo ko.

May ilang minuto akong hindi gumagalaw sa kinasasadlakan ko. Parang may kung anung mabigat sa katawan ko at ayaw ng bumangon.

"**Tutuluyan ko na ba?**" Dinig kong sabi ng isang lalaki.

"**Wag! May paki-nabang pa ko dyan!**"

Pinilit kong idilat ang mata ko. Si Ci-N na pinag-sisi-sipa nila ang una kong nakita.

Tumayo ka Jay! Kailangan ka ni Ci-N!

Pinilit kong bumangon. Nakaharap sila kay Ci-N kaya halos walang nakapansin sakin. Sobrang bigat sa katawan pero kung hindi ko gagawin to baka mamatay kami pareho dito. Ramdam ko ang pagtulo ng likido galing sa ulo ko.

Alam ko kung anu yon. Pero ayokong tignan. Hindi pa ko tapos dito at bukod don, mas kailangan ako ni Ci. Kung uunahan na naman ako ng takot sa dugo baka mangyari lang yung dati nung may

sumugod samin ni Rory.

"**Tibay! Buhay pa yung chicks!**" Sigaw nung isa.

Tinignan nila ko maging si Ci-N. Puno ng pagka-mangha yung iba samantalang galit naman si Mykel.

Kailangan naming maka-alis dito! Bakit parang humihina ka na Jay?!

Hindi ako mahina. Ngayon pa ba matapos ang lahat? Makakarating ba ko dito kung mahina ako? Hindi ako papayag na isang katulad nyo ang magpapahina sakin.

Lumapit sakin ang isa at akmang hahawakan ako pero buong lakas ko syang sinipa sa dibdib. Na-alarma ang iba sa kanila at bahagya'ng naglayuan.

"**Pvta! May lakas pa? Kulang yung pagkakahampas mo sa kanya sa ulo!**" Sabi ni Mykel sa kasama na may hawak ng tubo.

Sugod na! Puro ka satsat.

Tinaas ko ang braso ko para sana ihanda sa pagsugod nila pero isang pagkakamali pala ang ginawa kung yon. Balot na balot ng dugo ang buo kong braso galing sa ulo ko. Maging ang suot kong uniporme ay naging kulay pula na rin.

Nagsimula ng lumalim ang paghinga ko. Napaluhod ako dahil sa panlalambot ng tuhod. Walang humpay ang pagwawala ng puso ko. Nagsisimula na ring manlabo ang paningin ko.

Wag ngayon! Akala ko ba okay na.... wala ng ganun?!

Pinikit ko ang mata ko para alisin ang atensyon ko sa kamay. Sinara ko din ang palad ko at mahigpit na diniinan yun. Wala na dapat! Bakit nung nagkalat ang dugo ni Rory hindi ako nagkakaganito?

Nagsisimula na naman yung boses sa isip ko. Mga boses na parang galing sa nakaraan at nagpapa-alala sakin kung ako. Baliw na yata talaga ako!

"*Wala kang kwenta!*"

"Palamunin ka!"

"Anu pang ginagawa nyo?! Sugurin nyo na!" Sigaw ni Mykel.

Dinilat ko ang mata ko. Sa unang pagkakataon magpapasalamat ako sa magagawa ko sa mga taong to. Tinignan ko ang palad ko na puno ng dugo. Kung ito lang ang tanging paraan para makaligtas kami.

Masarap talaga ang lasa ng dugo!

Nasa bibig ko na ang daliri ko. Para akong bampira na uhaw na uhaw sa lasa nito. Segundo lang ang binilang ko at nagsimulang kumilos ang katawan ko na parang ibang tao na ko.

At dumilim ang lahat.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 228

A/N: Papansin yung nagpasa sakin ng virus. Perwisyong tunay! Parang bago tuloy ulit ang cellphone ko. Dami ko pa lang files. Dami ko ring nakaw na picture ni crush. Harhar pero hindi ko na sya crush na yon kaya binura ko na. SKL!

Thank you so much sa magandang cover na ito. jhona_19

Thank ko din po dito. @violetssss

ANG
Mutya
g Section
E
darkside
by:eatmore2behappy

Salamat ng marami din dito @Christelmaegestopa

I.Q.

Jay-jay's POV

Ang ingay. Parang may nagkakasatan at nag-aaway. Meron din akong naririnig na kumakanta. Ang gulo nila at kahit gusto ko pang matulog, hindi ko na nagawa dahil sa kaingayan nila.

Istorbo naman sa pagtulog! Kainis!

Dinilat ko ang mata ko at ang mga Pesteng Ulupong ang bumungad sakin.

"Ang ingay nyo!" Inis na sabi ko.

"*Uy gising na!*"

"*Gising na gising na!*"

"*Kamusta Jay?*"

Napasibangot ako. Ngayon lang kasi ako nakakita ng nanga-ngamusta na puro pagkain ang nasa bibig. Iba pa yung hawak ng

kamay nila sa laman ng bibig nila.

"**Lumayo nga muna kayo! Ang papangit nyo daw! Na-a-alibadbaran sya!**" Sabi ni David at mabilis naman silang naglayuan.

Saan ba galing ang pagkain na yon at kainan sila ng kainan?

Sinubukan kong maupo. Agad namang inayos ni Yuri ang kama para bahagyang tumaas ang ulunang parte non. Nilagyan din nya ng unan ng likod ko. Kun-todo asikaso sya sakin samantalang yung mga talipandas busy sa pag-nguya.

Napatingin ako sa mga kamay ko ng mapansing kong balot na balot iyon ng benda pero wala naman akong nararamdaman. Napagtanto ko rin na merong nakabalot na benda sa ulo ko.

Bakit ganito to?! Anu bang----si Ci-N!

Dun lang bumalik sakin ang mga nangyari. Kung bakit ako nasa ospital at kung bakit may balot ang mga kamay ko. Si Ci, si Mykel at yung chandelier.

Tinignan ko ang mga Ulupong. Hinanap ko ang muka ng Bata'ng Kumag pero hindi ko sya mahagilap.

"**Asan si Ci-N?**" Nag-aalalang tanong ko.

Si David ang sumagot. "**Sa kabilang kwarto. Okay na sya, matibay ang batang yon.**"

Nakahinga ako ng maluwag. Akala ko kung anu nang nangyari sa kanya. Pinikit ko ang mata ko at sinandal ang likod sa kama. Buti nalang talaga at walang masamang nangyari sa kanya.

Sinubukan kong isipin ang mga nangyari bago ako mapunta sa ospital.

Para kasing may kulang.... parang may hindi ako maalala.

Dumilat ako at si Yuri ang una kong nakita. Binabalatan nya ang hawak na mansanas.

"**Sinong nagdala samin dito sa ospital?**" Tanung ko at tinignan naman nya ko sandali bago bumalik sa ginagawa.

"**Kami.**"

"**Si M-mykel, asan?**"

Bigla nalang syang tumawa at kinagatan ang mansanas na binalatan nya. Yung totoo, sinong may sakit dito? Bakit sila ang kumakain ng mga pagkain?

"**Anung nakakatawa?**" Medyo inis na sabi ko.

"**Tinanung mo na yan kanina. Pa-ulit-ulit ka.**"

Kumunot ang noo ko. "**Kagigising ko lang. Panu ko itatanung yon?**"

Huminto sya sa pagkain ng mansanas at tinignan ako ng puno ng pagtataka.

"**Jay... Gumising ka na kanina habang tulog sila. Tulala ka pa nga bago magsalita.**"

Ang tagal naming nagtitigan ni Yuri. Pareho'ng nalilito sa nangyayari. Wala akong maalala na gising ako. Ni hindi ko nga maalala kung anu nangyari pagkatapos ng----*yung dugo!*

"**Yuri... P-pwede mo ba kong d-dalin kay Ci-N?**" Tarantang pakiusap ko.

"**Bakit? May problema ba?**"

"**K-kasi... yung... kasi...**"

Panu ko sasabihin sa kanya na bumalik na naman yun. Yung bagay na yon na nangyayari sakin. Yung bagay na iniiwasan ko sa matagal na panahon.

Yung bagay na yon! Nakakatakot!

Nakarinig kami ng pagkatok sa pinto. Halos pare-pareho kaming

tumingin sa pintuan bago bumukas yon. Nakangiting humarap sakin si Tita Gema.

"**Kamusta kayo?**" Bati nya sa mga Ulupong at sa akin.

"**Ayos lang kami Tita.**" Nakangiting sagot ni Eren.

"**Salamat po sa pagkain Tita.**" Sabi naman ni Denzel.

Anung Tita? Kelan pa nila naging Tita si Tita Gema? Tigas ng muka ng mga Ulupong na to!

"**Panu po ninyo niluto ang pansit na to? Ang sarap po kasi Tita.**" Sabi naman ni Eman.

"**Tita, eto pong Minudo masarap.**" Gatong naman ni Kit.

Yung napapangiwi nalang ako. Parang close na close sila nila Tita. At wow lang ah! Kapal muks talaga sila, nakiki-kain pa.

"**Salamat. Buti nalang andyan kayo para alalayan si Jay-jay.**" Sabi ni Tita at binaba ang paper bag na dala nya sa lamesang pinag-lalagyan ng mga pagkain.

"**Uy anu to Tita? Mukang masarap ah?**" Sabi ni Drew habang pinapaki-alaman ang paperbag.

"**Adobo yan. Kain lang kayo.**" Sagot ni Tita at lumapit sakin. "**...kamusta pakiramdam mo?**"

"**Ayos na po ako Tita.**" Tinignan ko yung mga Ulupong na kumakain sa likod nya. "**...Bakit po ang daming pagkain?**"

Tinignan din nya ang mga Ulupong na nasa likod nya. Ngumiti sya bago humarap ulit sakin.

"**Simula kasi ng dalin ka nila dito kahapon, hindi pa sila umuuwi para kumain... kaya dinalan ko nalang sila.**" Paliwanag nya.

Kahapon pa? Ibig sabihin may isang araw na pala akong walang malay.

Tinignan ko si Yuri. "**Kahapon pa kayo dito?**" Tanung ko at nag-nod naman sya. "**...edi hindi pa kayo naliligo?**"

Pare-pareho silang natigilan. Nag-taka si Tita sa naging reaksyon nila. Pati si David na may puto sa bibig bigla nalang huminto.

"**Okay lang yan. Sanay na kami'ng hindi maligo.**" Sagot ni Mayo at mabilis syang nakakuha ng batok kay Josh.

"**Ikaw lang. Wag mo kaming idamay.**" Sabi ni Felix.

Habang nag-aasaran sila napaisip ako. Kakaiba kasi talaga yung pakiramdam ko. Para akong lutang kahit malinaw naman ang mga nangyayari sakin.

"**Jay?**" Tawag sakin ni Tita Gema habang tinatapik ang braso ko. "**...sigurado kabang okay ka lang?**"

Nag-nod naman ako. "**O-opo Tita.**"

"**Tinatanung kasi kita. Hindi ka sumasagot.**"

"**Sorry po.**"

"**Baka po gutom na.**" Singit ni Yuri.

Tumawa naman si Tita Gema. "**Baka nga. Kayalang hindi pa sya pwedeng kumain.**"

Anung hindi pwede'ng kumain?!

Nanlaki ang mata ko habang nakatingin kila Tita Gema at Yuri.

"**S-seryoso kayo dyan?**"

Inayos ni Tita Gema ang unan sa likod ko. Nakatawa pa rin sya habang ginagawa yun.

"**Kailangan pa nating hintayin ang sasabihin ng doctor. Hindi ka namin pwede'ng basta paka-inin.**"

Hhhhuuuwwwwaaaaattttttt????!!!!!

Bakit ganun?! Ang daming pagkain sa harap ko tapos hindi ako pwedeng kumain. Bakit? Ang unfair naman nito!

"Pero bakit?"

"Yun kasi ang sabi ng doctor."

Maluha-luha akong humarap kay Tita. **"Pero minsan hindi totoo ang sinasabi ng Doctor."**

Tinawanan na naman nila ako. Napaka-sakit sa damdamin nito. Abot kamay ko lang ang mga pagkain pero bawal. Bakit bawal? Bakit?!

BAAAAKIIIIITT?!

"Ikaw talaga.... sige na. Pupuntahan ko muna si Aries. Iniwan ko dun ang Mama mo, kaya baka nag-aaway na sila don." Sabi ni Tita at naglakad na palabas.

Nag-pasalamat naman ang mga Ulupong sa kanya bago sya tuluyang makalabas. Nilapitan ako ni Yuri at naupo sa tabi ko. Hinawakan nya ang kamay ko.

"Anu yung sinasabi mo kanina?"

Oo nga pala!

Tinignan ko yung mga Ulupong. Hindi ko gustong pag-usapan ang mga bagay na yon sa harap nila.

"Next time nalang siguro."

Humigpit ang hawak nya sa kamay ko kaya napatingin ako don. Alam kong ramdam nya na may iniisip ako. Nagpilit ako ng ngiti sa kanya at sinubukang hawakan din ang kamay nya pero sagabal ang benda.

Nanatili kami sa ganung posisyon ng bigla kong maalala si Percy. Unti-unti'ng nanlaki ang mata ko.

"S-si Percy? Asan si Percy?"

Tumingin sakin si Felix na kasalukuyang umiinom ng coke.

"**Nasa bahay. Bakit?**" Sagot nya.

"**Okay na ba sya?**" Nag-aalalang tanung ko.

Taka akong tinignan ni Felix. "**Oo naman. Bakit naman sya hindi magiging okay?**"

"**Kasi nung magka----.**"

"**Andito sya kanina.**" Putol ni David sa sasabihin ko.

Kakaiba ang tingin nya sakin. Para bang sinasabi nya na wag na ko magsalita pa. Binalikan ko si Felix na nagtataka pa rin.

Umiling ako habang nakangiti. "**Kelan daw sya babalik dito?**"

"**Hindi ko alam. Sila ni David ang magka-usap.**"

Tinignan ko si David pero nagkibit balikat lang sya samin at pinag-patuloy ang pagkain. Ganun din ang ginawa ni Felix. Pinili kong ipagpaliban muna ang gumugulo sa isip ko.

May pagkakataon na pinapa-inom ako ni Yuri ng ga-kutsarang tubig para maibsan ang uhaw ko. Pero gusto ko ng kumain.

Pagkain! Pagkain! Pagkain!

Bandang hapon ng maisipan ng mga Ulupong na umuwi muna. Wala naman silang ginagawa dito kundi kumain ng kumain. Naiwan si David at Yuri.

Pagka-labas ng mga luko saktong nag-ring ang cellphone ni Yuri. Nag-paalam sya na sasagutin muna yung tawag at lumabas na.

Tinignan ko si David na kasalukuyang naglalaro sa cellphone nya.

"**Hoy Dabid!**" Inis na tawag ko sa kanya. "**...Anung nangyari kay Percy?**"

"**Nasa bahay nila. Nagpapahinga.**" Bored na sagot nya.

"Oo nga! Pero anung nangyari sa kanya nung iwan ko sya?"

Pinatay nya ang cellphone at hinarap ako. Seryoso ang mga mata nyang nakatingin sakin.

"Tinawagan nya ko. Sabi nya ina-atake daw sya ng sakit nya. Ako lang ang nagpunta dahil alam kong ayaw nyang ipaalam sa iba ang kalagayan nya." Paliwanag nya.

Napuno ako ng pag-aalala sa kanya. Anung sakit? Wala syang sinabi sakin na may sakit sya.

"A-anung sakit yun? Bakit hindi nya sinabi sakin?"

"He don't want you to worry."

Napayuko ako. **"Kelan pa? Kelan nya pa nararanasan yung ganun?"**

Ipinatong ni David ang siko sa tuhod nya. Kiniskis nya ang mga palad nya at tinignan ako ng seryoso.

"After the accident. He suffer with spinal damage. Unable to walk and almost paralize but his mother did everything that she can to help him." Nagpahawak ako ng mahigpit sa kumot ko. **"...She spend a lot of money just to find a Doctor that could cure Percy."**

"Pero diba magaling na sya? Eto na nga sya naka-kaharap na natin."

"Not totally, there's a side effect. Biglang sumasakit ang spinal nya at kasunod non ang pagka-paralisa ng ilang parte ng katawan nya."

Naalala ko yung itsura nya sa kotse. Kung panu sya sumigaw dahil sa sakit. Yung mga kamay nya at pati pananalita.

"Hindi na ba pwedeng ipagamot yun?"

"They tried. That's the reason why his been gone for a long time and ask me to look after you."

So yun pala yung dahilan yung bakit napunta sya ng New York kasama si Papa. Hindi ko maimagine na sa kabila ng pagiging maluko at korni nya ay may sakit syang ini-inda.

Hindi na ko makakarinig ng Korni'ng joke.

"Yung sakit nya na yon... May chance ba na...." Hindi ko magawang tapusin ang tanung ko pero mukang nakuha din nya ang magiging kasunod non.

"Yes... There is a chance. High risk."

Hinawakan ko ng kamay ang bibig ko. Parang hindi totoo ang mga sinabi ni David sakin. Sana joke lang to, tutulungan ko pa sya sa pagtawa.

Binigyan nga ako ng panibagong kapatid pero parang babawiin din sya sakin.

"...Isa rin yun sa dahilan kung bakit ayaw na syang pabalikin ng Mother nya dito." Dagdag nya.

Hindi ko na napigilan ang luha ko. Kusa silang bumagsak dahilan para mataranta si David at lumapit sakin.

"Hey! Don't cry. Wag ka mag-isip ng kung anu. Matibay si Percy." Sabi nya habang pilit pinupunasan ang luha ko.

"A-ang daya kasi... Ang daya-daya." Sabi ko at napahagulgol na sa pag-iyak.

Niyakap ako ni David habang hinahimas ang balikat. Bakit kailangan may kapalit lahat ng binibigay sakin? Binigyan ako ng Ama pero hindi ko naman sya pwedeng makasama. Binigyan ako ng kapatid pero hindi ako tanggap. Binigyan ako ng panibagong kapatid pero parang kukuhanin din sakin.

Parang tinakam lang ako sa isang pagkain pero hindi ko pwedeng kainin.

"Hindi pa ko patay pero iniiyakan mo na ko."

Napatingin kami sa pinto. Papalapit ang lalaking may blue eyes samin. Naka-ngiti sya na parang walang nangyari. Sa halip na mag-alala ako at malungkot nainis ako bigla sa kanya.

"**Tsansing ka...**" Sabi nya kay David. "**...baka gusto mo ng bumitaw.**"

Kamot batok na umalis si David sa pagkakayakap sakin at bumalik sa kinauupuan nya. Tinignan ko ng masama si Percy.

"**Bwisit ka!**" Sabi ko paglapit nya. "**...kung wala lang benda yung kamay ko sinuntok na kita.**"

Ngumiti ng malapad ang luko. "**Buti nalang may benda. Baka masira ang ka-gwapuhan ko.**"

Bigla nalang tumayo si David at lumapit sa aircon. "**Bakit parang lumakas hangin pero naka-stable naman sa number 5?**"

Ramdam din pala nya ang bagyo.

"**May problema ba David?**" Sarcastic na tanong ni Percy. "**...dun ka muna sa labas para hindi mahangin.**"

Natawa naman sya bago tuluyang maglakad palabas ng kwarto. Pagsara ng pinto naupo sya sa tabi ko. Gusto kong ihampas yung kamay ko sa kanya pero baka mapano yung mga buto ko.

"**Bakit hindi mo sinabi?**" Basag ang boses ko ng sabihin yun. "**...at wag mong sasabihin na ayaw mo kong mag-alala. Coz that's bullshit!**"

Hindi sumagot at nakatingin lang sakin kaya tinuloy ko ang paglabas ng sama ng loob.

"**Ang unfair sakin... Akala ko may kakampi na ko. Akala ko may masasandalan na ko. Pero bakit parang sandali lang? Bakit parang babawiin din sakin?**" Bumagsak ang mga luha ko. "**...panu ako nagpapatuloy ngayon kung sa bawat oras na dumaan, pwede ka ng kunin sakin? Anu'ng gagawin ko? Ha?! Sagutin mo ko!**"

Hinawakan ni Percy ang pisngi ko. Pinunasan nya ang mga luha at bahagyang lumapit sakin.

"**Alam mo na ang sagot kung bakit hindi ko sinabi sayo.**" Seryoso ang mga mata nyang nakatitig din sa mata ko. "**...Itong tatandaan mo. Hindi'ng hindi kita iiwan. Walang babawiin sayo. Walang kukunin sayo. Wala kang gagawin dahil hindi ako papayag na mawala sa inyo.**"

Nakita ko ang pamumuo ng luha sa gilid ng mata nya. Ngayon ko lang sya nakitang ganito. Except nung nag-inom sya dahil sa issue nila ni Freya. Pero hindi ganito'ng-ganito.

"**Minsan ko ng natakasan ang kamatayan Jay. Handa ako'ng ulitin yun. At uulit-ulitin ko yun. Alam mo kung bakit?**" Umiling ako. "**...dahil gwapo ako.**"

Kainis! Baliw talaga tong lalaki na to!

"**Bwisit!**" Inis na sabi ko sabay hampas sa dibdib nya pero nanatili syang seryoso.

"**Hindi ko kayo pwedeng iwan. Lalu ka na. Hindi pa kita naihahatid sa Papa mo. Magtiwala ka lang, mabubuhay ako mas matagal pa sa inaasahan mo.**" Ngumiti sya. "**...baka nga mauna kapa sakin.**"

Natawa ko sa sinabi nya kaya ngsimula'ng gumaan ang pakiramdam ko. Pinunasan ko ang mga luha ko at yumakap sa kanya.

Gumanti din sya ng yakap. "**Magtiwala ka lang sakin. Hindi na ulit ako mawawala.**"

Nag-nod ako at alam kong ramdam nya yun. May tiwala ako sa kanya. Naniniwala akong hindi nya kami iiwan.

Bumitaw kami sa pagkakayakap at dun lang namin naramdaman ang presensya ng ibang tao. Napatingin kami sa pinto at dun nakatayo si Yuri at David na parehong nakatingin samin.

"**We have to go.**" Sabi ni David.

Nag-nod naman si Percy sa kanya bago ako muling harapin. "**Babalik ako dito bukas. I just need to deal with something.**"

"**Sige. Ingat.**"

Hinalikan nya ko sa noo bago tuluyang maglakad palapit kay David. May kakaibang palitan pa ng masamang tingin si Yuri at Percy bago makalabas ng pinto.

Hindi ko talaga alam ang problema ng dalawang to.

Lumapit sakin si Yuri pag-alis ng dalawa. Ngumiti sya at umopo sa tabi ko.

"**Sorry kung matagal ako.**" Sabi nya.

"**Okay lang.**"

Sandali kaming nag-usap tungkol sa nangyari kahapon. Gusto ko sanang ikwento sa kanya na nangyari na naman yung dati. Pero parang biglang umurong yung dila ko nung oras na sasabihin ko sa kanya.

Bandang 7pm ng dumating si Mama para bantayan daw ako. Nagpa-alam si Yuri na uuwi muna at babalik nalang ulit bukas.

Dahil hindi pa rin pwedeng kumain, ga-kutsarang tubig pa rin ang laman ng tyan ko. Kung pwede lang na kainin ko na rin yung kutsara ginawa ko na para lang magkalaman ang tyan ko.

"**Ikaw Jay! Tigil-tigilan mo na yung pakikipag-away! Baka walang tumanggap sayo na University!**" Sermon ni Mama habang pinupunasan ako ng basang bimpo.

Para namang ginusto kong makipag-away.

"**Nakikinig ka ba?!**" Inis na tanung nya.

"**Opo.**" Walang buhay kong sagot.

Matapos nya kong linisan, inayos nya ang kama para makahiga na ko. Pinili kong humarap sa pader para mabilis na makatulog. Bukas

kasi ang ilaw at marami akong nakikita'ng gamit o bagay, malikot ang mata ko at hindi ako makatulog.

Napansin siguro ni Mama na hindi ako makatulog kaya pinatay nya ang ilaw at hinawi ang kurtina ng bintana para magkaroon ng kaunting liwanag galing sa labas.

Hindi nagtagal kusa din akong nakatulog. Dala na rin siguro ng pagkabitin ng tulog ko kaninang umaga.

Hindi pa nagtatagal ang tulog ko ng magising ako dahil sa mahinang pagkatok. Ang weird lang dahil hindi naman ganun kalakas yung katok na yon para magising ako ng sobra. Hindi rin naman nagmamadali.

"**Ma! May tao.**" Sabi ko at nagtalakbong ng kumot.

Istorbo! Sarap-sarap ng tulog ng tao eh!

Ganun nalang ang pagtataka ko ng hindi ko marinig na sumagot si Mama. Narinig ko na naman ang pagkatok at binaba ko na ang kumot. Hinarap ko si Mama na may inis.

"**Ma! Hindi mo ba naririnig----.**" Hindi ko na nagawang tapusin ang sasabihin ko dahil wala si Mama sa sofa'ng kinauupuan nya kanina.

Wala pala akong kasama?!

Muli ko na namang narinig ang pagkatok.

"**Sino yan?!**" Sigaw ko pero walang sumagot.

Narinig ko ang pagtunog ng doorknob. Unti-unti'ng nagkaroon ng siwang ang pinto at pumasok ang liwanag mula sa labas.

Napansin kong parang may sumilip mula sa siwang. Nagsisimula na kong kabahan. Pwede naman kasing buksan ng malawak ang pinto at pumasok sya kung sino man sya.

"**May tao ba dyan?**" Kinakabahang tanong ko.

Nawala yung sumilip. Ilang minuto kong hinintay kung may papasok ba pero wala. Tatayo na sana ako para isara ang pinto pero lumangit-ngit ang bisagra nito habang dahan-dahang bumubukas.

Pero bakit walang tao?!

Bigla kong naalala yung pinag-uusapan ni Josh at Mayo kanina. Nag-aasaran sila na meron daw dito sa kwarto ko. Batang babae na naglalaro sa ilalim daw ng kama ko.

Napalunok ako ng ilang ulit. Tagaktak ang pawis ko kahit naka-aircon ang kwarto. Napa-atras ako sa higaan ko ng mapansin ko may kamay na naka-kapit sa gilid ng pinto. Meron ulo na bahagyang sumilip sakin.

Kinilabutan ang buo kong katawan lalu na ng marinig ko ang pangalan ko pero sa sobrang hina hindi ko na narinig ang sunod nyang sinabi. Tanging ang liwanag mula sa nakabukas na pinto lang ang ilaw ko.

Kingina! Kingina! Kingina! Kingina!

Sa sobrang takot na nararamdaman ko nahiga ulit ako sa kama at namaluktot. Nagtalakbong ulit ako at pumikit. Kulang nalang tawagin ko na lahat ng santo.

Halos dasalin ko na lahat ng dasal na alam ko ng marinig kong sumara ang pinto. Nanginginig ako kahit hindi naman ako nilalamig. Umurong lahat ng tapang ko lalu ng makarinig ako ng langitngit ng bakal.

Para bang gulong na kulang sa langis o kaya sisow na may kalawang na. Palapit ng palapit sakin ang tunog na yon. Parang sasabog ang puso ko, nakakabingi ang pagtibok non hangang sa.....

"Eto sya."

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 229

A/N: RIP kay Jay-jay sa previous chapter. Hahahaha... Nagpa-praktis na kong gumawa ng Horror.

Salamat po ng marami sa cover na ito. Kitty_Crown

eatmore2behappy
Ang
Mutya
Ng Section
E



Thank din po dito. @SaNaTwIcE0803

Thank you din po dito Serhin_Park


Ang Mutya ng
Section E
eatmore2behappy



Salamat ng marami dito thirsty_vampire



Thank you din dito, PogingDyosa


Ang Mutya
ng Section E
(the dark side)
eatmorezbehappy



Video call

Jay-jay's POV

MUNTIK NA! Muntik na kong malaglag sa kama. Kung hindi ba naman kasi....*haizt!*

Halos hugutin ko ang baga ko sa pagsigaw ng malakas. Napatakbo tuloy yung ilang nurse sa kwarto ko. Nakagalitan pa tuloy ako ng isang Doctor dahil sa eskandalo.

At yun ay kasalanan ni Ci-N!

"**Sira ulo ka!**" Inis na sabi ko paglabas ng nurse. "**...muntik na kong atakihin sa puso dahil sayo! Bakit ba naman kasi hindi ka pumasok agad?!**"

Nakatawa lang sya ng habang nagkakamot ng ulo. Gusto kong sipain ang wheel chair na kinauupuan nya para tumilapon sya palayo. Yun pala yung gulong na kulang sa langis.

"**Napuputol nga kasi yung connection.**" Sabi nya habang tinuturo ang hawak na laptop. "**...naputol na naman nga eh. Hintay pa kong sagap ng internet.**"

Akala ko talaga multo na yung sumisilip sakin at nagbukas ng pinto. Muntik na kong magmura sa lahat ng lengwahe---kahit hindi ko alam---dahil sa kanya.

"**Anu ba kasi yan? Hindi ba pwedeng bukas nalang?**" Medyo inis na sabi ko.

Umiling sya habang nagpi-pi-pindot sa laptop nya. "**Urgent to. Ngayon na dapat.**"

Lintik na yan! Akala ko talaga hihiwalay na yung kaluluwa ko sa katawan ko.

Inis akong napakamot sa ulo. Idagdag pang nawawala ang Mama ko at hindi ko alam kung saan nagpunta. Pumikit lang ako sandali nawala na.

Habang naghihintay na magkaroon ng internet connection nag-usap muna kami ni Ci-N.

"Alam mo ba kung anung nangyari kay Mykel tsaka kung nasan sya?" Tanung ko.

Seryoso nya kong tinignan. **"Nakatakas sya. Wala ba nagsabi sayo na hinahanap sya ngayon ng Kuya Angelo mo?"**

Umiling ako. **"W-wala eh."**

Nakatakas ang ugok.

"Galit na galit si Kuya mo kahapon nung makita ka sa emergency room na walang malay. Akala nga namin kami-kaming andun ang sisihin nya."

Naiintindihan ko naman si Kuya. Lalo na at si Mykeliling ang may gawa nito sakin. Samantalang napabahag na nya ang buntot non.

"Peste kasi talaga ang Mykel na yon."

Nag-nod naman sya habang may pinipindot sa keyboard ng laptop. Na-curious ako dahil parang busy'ng busy sya.

"May internet na?"

Tinignan nya ko at ngumiti. **"Wala."**

"Eh anu yang ginagawa mo?"

Hinarap nya sakin ang laptop at naglalaro pala ang luko. BookWord ang Title ng game.

"...Akala ko naman kung anu."

Humiga ako sa kama habang pinagmamasdan ang mga kamay kong may balot ng benda. Sana lang walang komplikasyon ang mga to. Ang hirap pa naman kapag may ini-inda sa kamay.

Ang sakit ng kalingkingan ay sakit ng buong katawan.

"Jay... Tulungan mo naman ako dito." Sabi ni Ci.

Bumangon ako at tinignan sya. Kinuha nya yung lamesang may gulong na nilalagay sa kama para makaka-kain ang pasyente.

Pinatong nya ang laptop don at inayos yon palapit sakin.

Dahan-dahang tumayo si Ci-N mula sa wheelchair at naupo sa tabi ko. Napilitan akong umusog dahil sa pagkiki-siksik nya. Nilapit nya ang lamesa samin at nagpipindot na naman sa laptop nya.

"**Tulungan mo ko sa nilalaro ko.**" Dagdag nya.

Puro letra ang nakikita ko sa screen ng laptop nya at mukang kailangang maghanap ng word na mabubuo para sa karagdagang score.

Dahil wala pa naman yung hinihintay naming Internet connection naki-laro-laro nalang ako.

"**Eto...**" Turo ko sa screen. "**...Stars.**"

"**Saan pa?**"

"**Eto... House.**"

"**Ibang word naman. Yung may double O naman.**"

Halos isubsob ko ang muka ko sa monitor mahanap lang ang sinasabi nya.

"**Eto! Eto! Door!**"

Mabilis naman nyang pinindot yung mga letra. "**Saan pa?**"

"**Poor. Cool. Stool. Pool. Boobs----.**"

Bigla nalang syang tumawa sa huling salitang sinabi ko. Huli ko na napansin kung anu yon dahil tuloy-tuloy kong pagbabasa at pagturo ng mga words.

"**Jay-jay bastos.**" Sabi pa nya.

Natuwa ka naman?!

Kinurot ko sya sa tagiliran. "**Hindi ko naman napansin.**"

Bumalik kami sa ginagawa. Hanap ulit kami ng mga salitang may

dobleng O. Nalibang kami at hindi namalayan ang oras.

"**Ang dami na nyan.**"

"**Kaunti pa.**" Pagpilit nya at naghanap na naman. "**Eto! Eto! Eto! Blood.**"

Bigla nalang akong natigilan. Nagpaikot-ikot sa isip ko yung mga nangyari sa naging away namin ni Mykel. Pero merong kulang. Anung nangyari nung... Nung... Nung...

Natikman ko na yung dugo?

"**Ci...**" Tawag ko sa kanya. "**...A-anung nangyari pagkatapos nung... Nung... Hampasin ako ng tubo sa ulo.**" Hinawakan ko pa ang benda sa ulo ko.

Unti-unting syang lumingon sakin para tignan ako. Seryoso ang mga mata nya at parang hindi makapaniwala sa tinanong ko.

"**Hindi mo maalala?**"

Umiling ako. "**Natatandaan kong bumangon ako at may nilabanan pa kong isang lalaki pero.... Nung dumampi yung dugo sa panlasa ko...**" Huminga ako ng malalim. "**...parang nawala na.**"

"**Seryoso ka? Baka epekto ng pagkakahampas sayo.**"

Umiling ako. "**Alam kong hindi.**"

Tinignan nya sandali ang laptop bago ulit ako harapin. "**Medyo weird ka nga kahapon.**"

Weird?!

"**Panung----?**" Hindi ko na natapos ang sasabihin ko dahil sa biglang pagtunog ng laptop ni Ci.

Sinara nya ang laro at may pinindot sa laptop nya. Biglang bumukas ang Skype at bumungad ang muka ng taong hindi ko inaasahang makita ngayon.

Mas tamang sabihin na ilang araw kong inaasahan na magpapakita sakin. Pero syempre umalis sya para bigyan ako ng space at asikasuhin ang mana nya. Kaya nawalan na ko ng pag-asang makita sya.

Hari ng mga Ulupong.

["*What took you so long?!*"] Inis na tanong nya kay Ci.

Bakit parang nag-iba yung boses nya? Lalaki'ng-lalaki pakinggan. O baka dahil sa speaker lang ng laptop. Pinagmasdan ko ang muka nya, medyo magulo ang buhok at parang may kaunting balbas na tumutubo sa muka nya.

Parang lalu syang gumwapo?

"**Nawawala nga kasi yung connection.**" Sagot ni Ci-N sa kanya.

Hindi-hindi'ng ko itatanggi na na-miss ang ugok na to. Na na-miss ko ang kawalang-hiyaan nya. Na na-miss ko yung----basta na-miss ko sya! Kahit ginagago nya nami-miss ko sya.

["*Where the hell is she?*"]

Nabuhayan ang dugo ko sa sinabi nya. Hinahanap ba nya ko? Ako ba yung *she* na yon? Para akong na-e-excite na hindi ko maintindihan.

"**Andito----hala! Bakit ka umiiyak?**" Sabi ni Ci.

Buti nalang at umiwas ako sa camera ng laptop kaya hindi ako nakikita ng Gago'ng Hari. Kahit kasi nami-miss ko sya, malaking bahagi ko ang ayaw magpakita sa kanya.

Pinunasan ko ang luha na hindi ko namalayan na tumulo na pala. Silent killer ang mga luha ko, kumikilos ng palihim.

"**H-hindi... Napuwing lang.**" Pagdadahilan ko.

Naningkit ang mata ni Ci. "**Hindi ako tanga. Umiiyak ka noh?**" Umiwas ko ng tingin. "**...Umiiyak ka kasi siguro hindi ka kita sa camera----teka ayusin ko.**"

Ay oo! Yun talaga ang dahilan. Sayang kasi ang ganda ko. Kainis!

Alam mo yung gusto kong sampalin yung sarili kong muka pero hindi ko magawa dahil sa bendang nakabalot. Hindi ko alam kung engot ba talaga sya o naglalaro lang ng engot-engotan.

Nawala lang ang atensyon ko kay Ci ng makita kong seryosong nakatingin sakin ang Dimunyung Hari. Napalunok ako sabay iwas ng tingin. Kahit sa laptop lang kami nagkaharap pakiramdam ko nasa harapan ko talaga sya.

["*Hey…*"] Tawag nya sakin. **["*…How are you?*"]**

"**I'm fine, thank you.**" Mabilis kong sagot na parang bata.

Na-tense ako bigla sa hindi ko maintindihan dahilan. Meron kinuha si Keifer sa tabi nya at nagpi-pindot.

["*I need your complete statement about your experience after seeing blood.*"] Diretsong sabi nya.

A-anu?

Tinignan ko si Ci-N na tinitignan lang yung kausap sa laptop. Sinabi ba nya yung nangyari? Alam kaya ni Keifer yung mga pinag-gagagawa ko?

"**Y-yun lang ba ang dahilan k-kaya mo ko hinahanap?**" Halos pabulong kong sabi.

May kung anung tumutusok sa dibdib ko. Akala ko gusto nya kong makita. Akala ko pareho kami na hinahanap-hanap ang isa't-isa.

Seryoso ang mga mata nyang nakatingin sakin. **["*I need your cooperation. Kailangan nating malaman kung anung nangyayari sayo. This is for your own good.*"]**

Muli syang nagpipindot sa bagay sa tabi nya napalagay ko ay keyboard ng computer. Tumulo ang isang luha mula sa mata ko, na mabilis kong pinunasan bago pa nila makita.

Huminto sya at tumingin sakin. **["*Jay-jay.*"]** Tawag nya na

nagsasabi na magsalita na ko.

Kainis! Nahihirapan na naman ang kalooban ko.

Lumunok ako at umubo ng bahagya para iklaro ang boses ko at alisin ang pagbabara ng hangin.

"Hindi ko maalala ang nangyari. Basta tanda ko lang, parang nagustuhan ko yung kulay ng dugo at gustong tikman." Kaswal na paliwanag ko.

["*But your scared of blood.*"]

Bahagya akong umiling. **"Hindi ko masabi. Siguro kung marami, pakiramdam ko kasi may mamatay. Tsaka yun nangyayari din sakin, natatakot akong maulit yung ganun kaya ayoko makakita ng dugo."**

"Edi takot ka sa mens mo?" Inosenteng tanung ni Ci.

Napangiwi ako at nasampal naman ni Keifer ang sariling noo, na kanina ko pa gustong gawin sa sarili ko.

Salamat po sa benda sa aking mga kamay!

"Bakit? Diba dugo din yon?" Dagdag pa nya na muntik ng magpa-walk out kay Keifer.

"Oo dugo yon. Pero iba ang kulay non sa sariwang dugo. Pula ang sariwa, itim naman ang regla. Okay na?!" Iritang paliwanag ko.

Napakamot nalang sya sa anit. Muli kong hinarap ang Hari na kasalukuyang nag-t-type ulit sa keyboard. Sandaling katahimikan ang namagitan samin bago ulit sya magsalita.

["*Ci-N... I need your statement.*"]

"Sige..." Maganang panimula nya. **"...Ganito yon! Sinundan ko kasi si Jay-jay sa CR. Ayoko kasing kasama yung Percy. Tapos naka-salubong ko sila Mykel at yung----."**

["*What I mean is….Argh!*"] Nahilamos ni Keifer ang sariling muka. Halatang napipikon na pero pilit pinipigil.

"Dun na sa part na nakabangon ako matapos hampasin ng tubo." Sabi ko at nag-nod naman sya.

Ang hirap naman kasing kausap ng Batang Kumag na to!

"Hindi ko masyado nakita lahat pero tanda ko..." Hinimas nya ang baba na tila nag-iisip. **"...bumangon si Jay-jay na parang walang masakit sa kanya. Tapos walang buhay yung mga mata nya na nakatingin kila Mykel. Nagsimula syang sumugod na parang galit na galit dun sa kaaway nya."**

Patuloy sa pagt-type si Keifer samantalang hindi maalis sa atensyon ko ang sinasabi ni Ci-N.

"Tapos nakita ko yung kamao ni Jay-jay na puro dugo. Hindi ko alam kung sa kanya yun o sa kaaway nya. Naglaban sila ni Mykel pero nakatakas sya ng bumangon yung ibang kasamahan nya."

["*Anung nangyari nung naubos ang kalaban nya?*"] Tanong ni Keifer.

"Naupo sya tapos niyakap ang tuhod. Umiyak sya ng umiyak habang may sinasabi----anu nga ba yon?" Kamot ulo na tanung nya sa sarili.

["*Walang ng mananakit sakin. Hindi ako papayag na saktan nila ko.*"] Si Keifer ang tila sumagot ng tanung ni Ci.

"Yun nga! Panu mo nalaman?"

Tinignan ako ni Keifer at ipinatong ang siko sa lamesa bago ipag-cross ang mga daliri nya. Nakadikit don ang bibig nya kaya natatakpan ang ilong nya hanggang baba.

["*Ci... Please leave us.*"] Utos nya.

Sumunod naman si Ci-N. Dahan-dahan syang tumayo at naupo sa wheelchair nya. Hinawakan nya ang gulong at pilit tinulak para

makalabas ng kwarto.

"Bakit mo pinalabas si Ci-N?" Medyo inis na tanong ko sa kanya.

["*I need to discuss something privately to you.]* *Huminga sya ng malalim.* *["Remember what you did to Ram?"*]

Nag-nod ako. Hindi ko makakalimutan ang unang lalaki na kumidnap sakin para gamitin laban kay Keifer. Napabagsak ko ng hindi ko alam kung panu.

["*It's the same scenario. Habang inaawat kita, pilit mo kong nilalabanan at paulit-ulit ka ng sinasabi.*"]

"*Walang ng mananakit sakin. Hindi ako papayag na saktan nila ko.*"

Kinalabutan ako ng kusang pumasok sa isip ko ang mga salitang yun. Para yung isang pangako na hindi'ng-hindi ko binitawan. Nag-umpisang bumilis ang tibok ng puso ko.

["*Jay? Are you alright?*"]

"M-may sakit ba ko? B-baliw ba ko? Yung b-baliw na kailangan ng i-mental? Yung d-delikado sa kapwa?" Tarantang tanong ko.

["*Relax... Hindi ka ganun. Please stop worrying yourself. I'll send your statement to Keigan's Psychiatrist and wait----.*"]

"Psychiatrist?! Baliw nga ako?! Ganun ba?!" Para akong hindi makahinga.

["*No. Please relax.*"]

"M-may sakit nga a-ako!"

["*No! Don't think like that!*"]

"P-panu kung m-meron?"

["*JASPER JEAN!*"] Sigaw nya na animong isang tigre.

Kung kaharap ko lang talaga sya baka tinubuan na ko ng takot sa dibdib. Napa-pikit na rin siguro ako at nanigas sa kinatatayuan ko.

Huminga ako ng malalim at nanatiling nakatingin sa kanya. Tama sya. Hindi pa naman sigurado kung may sakit nga talaga ako. Hindi pa ko baliw na kailangang dalhin sa mental.

Hangang kusina ka lang muna.

"Sorry. Natakot kasi ako."

["*It's okay. Hihintayin natin ang sasabihin ng Doctor.*"]

Nag-nod ako. Tinignan nya ang wristwatch nya at muli akong hinarap. May ilang beses akong lumunok sa pagtatagpo ng tingin namin----kahit naka-laptop lang.

["*I have to go. Please take care of yourself and...*"] Hinintay ko yung kasunod na sasabihin nya. **["*...I miss you.*"]**

Biglang nag-end yung video call. Nakatanga lang ako habang pumipikit-pikit ang mata. Hindi makapaniwala sa narinig ko mula sa kanya. Unti-unti'ng gumuhit ang ngiti sa labi ko.

I miss you too, Gagu!

"Tapos na?" Tanung ni Ci-N habang papasok ng kwarto.

"Oo. Ikaw ba nagsabi sa kanya ng nangyari?"

Ngumiti sya ng nakakaluko sakin. Mukang hindi ko na kailangan ng matinong sagot.

"Loyal mo kay Keifer no?" Sarcastic na tanung ko.

Tumawa lang naman sya. Inabot ko sa kanya yung laptop para hindi na sya tumayo mula sa wheelchair. Sandali pa kaming nag-kwentuhan tungkol sa nangyari'ng gulo samin nila Mykel.

Asan na kaya ang ugok na yon?

Sabi din nya balak ng mga Ulupong na balikan sya. Kung mauunahan nila si Kuya Angelo na makita sya. Hindi pa man din pero naaawa na ko sa kahi-hinatnan nya. Oo, kaaway ko sya pero masyadong malakas si Kuya tapos ang dami pa ng mga Ulupong.

"Tignan mo... Nag-effort talaga mga classmate natin para maka-ganti sa Gago'ng yun." Sabi nya habang naka-ngiti.

Sumibangot ako. **"Anung gusto mong iparating?"**

"Wala... Baka lang sana----sana lang naman----pasinin mo na sila."

"Eh kung ayoko?"

"Sige ka... Magtatampo sila. Kapag nagtampo sila----."

"Ano?! Kapag nagtampo sila, ano?!"

Ngumiti sya na halos labas ang gilagid. **"Magtatampo lang."**

Dinampot ko ang unan ko at binato sa kanya. Parang hindi sya nabugbog sa kakulitan nya. Saan kaya nang-galing ang energy nito.

Handa na sana kaming mag-gantihan ng biglang bumukas ang pinto at pumasok si Mama. May dala syang kape at tinapay.

"Saan ka naman nag-punta?" Inis na bungad ko sa kanya.

"Sa cafeteria. Bumili ako nito, kayalang madami tao kaya natagalan ako. Bakit nga pala gising ka?" Tinignan nya si Ci-N. **"...ikaw din. Di ba dapat nagpapahinga na kayo?"**

Napakamot nalang sa batok si Ci. **"O-opo. May pinag-usapan lang po kami ni Jay-jay. Alis na po ako."**

Nag-paalam na rin sya sakin. Nakahiga na rin ako at pinipilit ang sarili na matulog. Ayaw kasing mawala sa isip ko yung mga sinabi ni Keifer.

Panu kung meron nga akong sakit? Anu nang gagawin ko?

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 230

A/N: Asan daw si GagongBaliw? Adyan lang. Pakalat-kalat. Hahaha Nilagyan ko ng translation yung text. Hnd daw ksi maintindihan nung iba. Jejemon kasi yung GagongBaliw at si Jay-jay.

Sipag talaga ng mga Tropa ko. Thank you so much sa mga cover na ito. v_taehyung1451

Ang
Mutya ng
Section E
By:Eatmore2behappy


Ang mutya
Ng
Section E
BY : EATMORE2BEHAPPY

Ang mutya ng Section E

(THE DARK SIDE)



BY : EATMORE2BEHAPPY


BY :EATMORE2BEHAPPY
STATE
ANGUTYA
NG
SECTION E



Thanks din dito Ms. Desiree. Can't find your wattyname.

Home

Jay-jay's POV

Kumikirot ang mga kamay ko. Sinubukan kong patunugin pero lalu lang sumakit. Wala naman daw problema, walang bali o pilay sabi ng doctor.

Pero masakit pa rin.

Badtrip kasi! Tuwing nangyayari sakin yun bagay na yon, nagkakaganito ang kamay ko. Kasalukuyan akong nasa sofa sa sala ng bahay. Nakauwi na kami galing sa ospital.

Kami---as in kaming lahat! Including Aries The Horoscope. Pwede nyo ng alamin ang kapalaran nyo.

Tinignan ko sya na nakaupo sa katapat kong sofa. Nakapikit sya habang nakasandal ang ulo. May band aid at gasa ang ilang parte ng muka nya. Samantalang ako yung benda nalang sa ulo ang naiuwi ko.

"**...Ganun ba? Sige salamat po.**" Dinig kong sabi ni Tito Julz mula sa kausap nya sa cellphone.

Pumasok ng bahay si Tita Gema dala ang ilang bag namin ni Aries. Bumungad sa kanya ang malungkot na muka ni Tito.

"**Bakit? May nangyari ba?**" Tanung ni Tita.

"**Hindi daw pumapasok si Angelo. May ilang araw na daw.**"

Napa-ayos ako ng upo. Panung hindi pumapasok? Seryoso? Pero sa kanila na nang-galing na marami pa ring pwedeng i-save sa company tapos hindi na pinuntahan ni Kuya.

"**...Ako nalang muna siguro mag-aayos nito. Baka pwede mong tawagan mga kaibigan nya? Tatlong gabi na syang hindi umuuwi dito.**" Dagdag ni Tito.

Biglang nag-alala ang itsura ni Tita. Mukang hindi nya alam na ganun ang ginagawa ni Kuya.

"**S-sige... Tatawagan ko ang mga kaibigan nya.**" Sagot ni Tita.

Iniwanan nya ang mga Bag namin at nagpunta sa kung saan kasunod si Tito. Maya-maya lang bumalik din sila na parang hindi mapakali at hindi alam kung anung uunahin. Parehong may hawak na cellphone ang dalawa at may kausap.

Nang muli silang mawala sa paningin ko si Mama naman ang dumating. Galing syang kusina at may hawak na baso ng juice.

Parang gusto ko din sana non!

Pinagmasdan ako ni Mama habang umiinom ng juice. Lumipat ang tingin nya kay Aries at napangiti naman sya.

"**Pag-ganyan kayo, lumalabas ang pagkakahawig nyo.**"

Nakangiting sabi nya.

Napangiwi ako kasabay ng biglang pagtayo ni Aries. Salubong ang kilay nya habang nakatitig sakin.

"**Eew! May hawig ako sa unggoy.**" Sabi nya pa at mabilis na umalis papunta sa kwarto nya.

"**Sinong unggoy? Ganda ko namang unggoy kung ako nga yung tinutukoy mo kahit hindi naman.**"

Hindi na sya sumagot. Nawala sa paningin namin ang topak na Aries. Baliw yung lalaking yun. Epekto siguro ng pang-bubugbog ni Mykel.

Pero asan na nga kaya si Kuya Angelo.

Hindi nya ko dinalaw sa ospital pero sinabi naman sakin nila Yuri na andun sya nung isinugod ako. Nalaman ko din na nahuli ng dating yung mga Ulupong dahil kampante sila na nasa second floor lang kami.

Kinutuban lang sila nung umalis si David na walang paalam. Nung pinuntahan ni Felix yung Second floor at nakitang wala kami dun na sila nagsi-kilos.

Parang mas gusto ko na hindi nila kami naabutan. Tama lang na nahuli sila ng dating kahit nabugbog na si Ci-N. Hindi ko alam ang paliwanag na gagawin ko sa kanila tungkol don sa nangyayari sakin kapag nakaka-kita at nakakalasa ng dugo.

Pero anu nga kaya talaga yun? Sakit ba yon o anu?

"**Ma…**" Tawag ko kay Mama na kasalukuyang nagte-text sa cellphone nya. "**…may naalala kabang kakaibang nangyayari o ginagawa ko nung bata ako?**"

Tinignan nya ko na puno ng pagtataka. "**Panung kakaiba?**"

Napabuntong hininga ako. "**Wala. Kalimutan mo na.**"

Tumayo at akmang lalakad paalis ng muli syang mag-salita.

"**May problema ba? Pwede kang magsabi sakin.**" Nakangiting sabi nya.

Napailing ako. Alam ko ang ginagawa nya. Sinusubukan nyang makipag-mabutihan sakin. Hindi pa ba sya masaya sa kaswal na pag-uusap namin bilang tao at may pag-galang sa pagtawag ko sa kanya ng '*Mama*'? Akala ko malinaw na sa kanya yung pag-uusap naming tatlo nila Aries.

"**Wala. Hindi mo rin naman maiintindihan.**"

Kinuha ko muna ang bag ko at bag ni Aries sa sahig. Nilagpasan ko sya at umakyat na sa hagdan. May kabigatan ang bag nung Horoscope dahil mas matagal sya sa ospital.

Pagtapat ko sa kwarto nya, pabagsak kong binitawan ang bag nya at padabog na kinatok ang kwarto nya. Kumirot ang kamay ko kaya napahawak ako dito.

Bumukas ang pinto at nakasimangot na humarap sakin ang kapatid ko.

"**Wala kang utak! Pagkatok nalang hindi mo pa magawa ng maayos!**" Inis na bungad nya sakin.

Ako pa ngayon ang walang utak.

"**Bag mo! Ang pangit mo!**" Mabilis akong lumakad papunta sa kwarto.

Nagawa pa kong murahin ng lintik bago ko maisara ang pinto. Kung hindi lang ako pagod pa-uulanan ko sya ng mura. Akala nya sakin?! World record ata ang hawak ko sa lutong ng binibitawan kong mura.

Nabawasan lang dahil dun sa lintik ng '*Profanity*'. Pabagsak akong humiga sa kama. Naalala ko na naman yung huling pag-uusap namin nung Hari ng mga Ulupong.

Kasabay non ang kirot na nararamdaman ko sa puso ko. Hindi na kasi sya ulit tumawag pa. Nagpatulong na ko kay Ci pero hindi rin daw sinasagot ang mga message nya.

Miss daw tapos isang beses lang tumawag. Ugok!

Speaking of tumatawag, naririnig ko ang cellphone ko. Bumangon ako at nakita ko ang school bag ko sa ibabaw ng study table. Naiwan ko to sa room nung hinanap ko si Ci-N. Mukang dinala na ng nga Ulupong dito.

Mabilis kong hinanap ang cellphone ko pero namatay na ang tawag bago ko pa makita. Missed call galing kay GagongBaliw.

Ang dami ring text message mula sa kanya.

From: *GagongBaliw*
Message: *enjoy ur lunch.*
(*Enjoy your lunch*)

From: *GagongBaliw*
Message: *my adobo na my fastfood pa. Takaw!*

Nagtaka ako sa message nya. Eto yung araw na nawala si Ci-N. Panu nya nalaman na ganun ang ulam ko? Muli kong binalikan ang mga text nya.

From: *GagongBaliw*
Message: *ang ingay ng stepbrother mo at nung bata. I can't sleep.*

Panung?! Panu nya nalaman na stepbrother ko yung isa sa kasama ko? Naguluhan ako sa sinabi nya. Panu sya naingayan kung... Wala namang tao don bukod samin! Wala'ng ibang tao don! Bukas ang mga classroom kaya madali naming makikita kung may ibang tao--- except sa isng kwarto.

Yung dulong kwarto kung nasan yung mga picture.

Dun lang nagbalik sakin yung nangyari. May tao don! Narinig ko yung malakas na pagsara ng pinto. Alam kong hindi nang-galing sa classroom ng Section E yon.

Hindi kaya sya yun?!

Tinignan ko pa yung ibang message nya.

From: *GagongBaliw*
Message: *don't leave them! Ng-aawy sila.*

From: *GagongBaliw*
Message: *Hey! Bkt ang tgl mo?*
(Bakit ang tagal mo?)

From: *GagongBaliw*
Message: *bkt hnd mo sinsgot mga txt q?*
(Bakit hindi mo sinasagot mga text ko?)

From: *GagongBaliw*
Message: *bkt hnd k ngr-reply?*
(Bakit hindi ka nagrereply?)

From: *GagongBaliw*
Message: *my nangyri ba? Bkt ngmmadli ka?*
(May nangyari ba? Bakit nagmamadali ka?)

From: *GagongBaliw*
Message: *i have 2 go. Sna oky k lng.*
(I have to go. Sana okay ka lang.)

From: *GagongBaliw*
Message: *na ospital k dw? What happen?*

From: *GagongBaliw*
Message: *cnong nanakit syo?*
(Sinong nanakit sayo?)

From: *GagongBaliw*
Message: *can u please answer my call?*

From: *GagongBaliw*
Message: *Mykel Mitchell... I will make him pay.*

Natigilan ako. Panu nya nalaman ang bagay na yon? Panu nya nakilala si Mykel. Napa-upo ako sa kama. Sumasakit ang ulo ko sa pagkalito.

Nagsisimula na rin akong kabahan sa lalaking to? Sa tagal ng pag-uusap namin nitong mga nakaraang linggo. Madami akong

napapansin sa kanya at karamihan don tumutugma sa isang taong kilala ko.

Pero imposible! Hindi naman Jejemon yun!

Hindi rin mahilig makipag-textmate yun. Hindi sya magsasayang ng oras sa ganitong walang kasaysayang bagay.

Muli kong tinignan ang mga natitirang message nya. Baka sakaling tumibay ang hinala ko.

From: *GagongBaliw*
Message: *Klan ka llbas ospital?*
(Kelan ka lalabas ospital?)

From: *GagongBaliw*
Message: *gsto sna kita dlwin. Dmi mo nga lng banty.*
(Gusto sana kita dalawin. Dami mo nga lang bantay.)

From: *GagongBaliw*
Message: *sna mg-reply ka khit isa s mga messge q.*
(Sana mag-reply ka kahit isa sa mga message ko.)

From: *GagongBaliw*
Message: *can't help it! Ppntahn na kita!*
(Can't help it! Pupuntahan na kita!)

From: *GagongBaliw*
Message: *kya pla hnd rply. Ur sleeping. U look so peaceful.*
(Kaya pala hindi reply. You're sleeping. You look so peaceful.)

Dinalaw nya ko?!

Tinignan ko yung date at oras nung text. Pangatlo or pang-apat na araw ko yun sa ospital.

From: *GagongBaliw*
Message: *ur Mom looks like u. Older version of u.*
(Your Mom looks like you. Older version of you.)

Napatayo ako habang nakatakip ang kamay sa bibig. *Nakaharap nya si Mama?* Mabilis akong lumabas ng kwarto at hinanap si Mama

habang paulit-ulit na tinawag sya. Sa kusina ko sya nakita habang kausap si Tita Gema.

"**Anu ba yun?! Bakit ganyan ka makatawag?!**" Inis na sabi nya.

"**Diba?! Diba?! Tuwing gabi ikaw bantay ko nung nasa ospital ako?!**" Nagmamadaling tanong ko.

Taas kilay na nag-nod sya sakin. Kahit si Tita Gema nagtataka na ina-akto ko.

"**May dumalaw sakin na lalaki?!**"

Sandaling nag-isip si Mama. Alam kong gising si Mama kapag binabantayan nya ko sa gabi. Hindi rin sya pumupunta sa umaga dahil natutulog sya sa bahay non.

"**Parang wala naman...**" Sabi nya.

Bagsak ang balikat ko na tumalikod sa kanila. Aalis na sana ako ng magsalita ulit si Mama.

"**...pero nung minsan. May nakasalubong akong lalaki na papunta sa direksyon ng kwarto mo. Tapos nung bumalik ako nakita ko syang lumabas galing sa mismo'ng kwarto mo...**"

Hinarap ko ulit sya at hinintay ang susunod nyang sasabihin. *Sana kilala nya! Sana kilala nya!*

"**...pamilyar sya sakin. Kayalang hindi ko nakita ng maayos ang muka nya, may suot kasing baseball cap.**"

Ay kingina!

Napakamot ako sa batok ko at nagpaalam na sa kanila. Bumalik ako sa kwarto na agad na dumapa sa kama. Sunubsob ko ang muka ko sa unan.

Bwisit! Sino ba kasi talaga tong GagongBaliw na to! Muli kong kinuha ang cellphone ko. Hindi ko na tinapos ang pagbabasa ng mga text nya. Ako naman ang bumuo ng mensahe para sa kanya.

To: *GagongBaliw*
Message: *Hoy! GagongBaliw!*

Hindi ko na kinailangang maghintay ng matagal. Agad ding nag-reply ang ugok.

From: *GagongBaliw*
Message: *I miss you too!*

Napangiwi ako at agad na nagpipindot sa cellphone para mareplyan sya.

To: *GagongBaliw*
Message: *Ng-punta ka pla sa ospital, bkt hnd ka ngpkita skin?*
(Nag-punta ka pala sa ospital, bakit hindi ka nagpakita sakin?)

From: *GagongBaliw*
Message: *Ngpakita ako! Naka-pikit ka nga lang. Haha*

Nagawa pa kong tawanan. Gago ata ang ugok!

To: *GagongBaliw*
Message: *sira ulo mo! Ngpunta ka rin nMn. Sna ngpakilLa ka na.*
(Sira ulo mo! Nagpunta ka rin naman. Sana nagpakilala ka na.)

From: *GagongBaliw*
Message: *u already know me.*

Nangunot ang noo ko sa sinabi nya. Hindi ko kaya sya kilala kaya nga pinipilit ko syang magpakilala. Shungaers!

To: *GagongBaliw*
Message: *ewn ko syo! Kainis!*

Nabitawan ko ang cellphone ko ng muli na namang kumirot ang kamay ko. Hinilot-hilot ko yun para bawasan ang pananakit.

Nung huling nagka-ganito ang kamay ko si Yuri ang nagmasahe. Ilang araw lang at nawala na ang pagkirot. Kinuha ko ulit ang cellphone ko at tinext si Yuri.

Sinabi ko sa kanya ang pagkirot ng kamay ko at kung pwedeng

gawin nya ulit yung ginawa nya dati. Saktong pag-send ko ng message. Dumating naman ang text ng GagongBaliw.

From: *GagongBaliw*
Message: *nag-date kayo ni Yuri?*

Whut?! Pati yun alam nya.

To: *GagongBaliw*
Message: *pki mo! Bkt pti yun alm mo?*
(Paki mo! Bakit pati yun alam mo?)

From: *GagongBaliw*
Message: *why?! Bkt ka suMma sa nerd na yun.*
(Why? Bakit ka sumama sa nerd na yun?)

Bakit kilala nya si Yuri? At bakit nerd ang tawag nya? Close sila? Hindi ko nabalitaan yon.

To: *GagongBaliw*
Message: *Kc gsto ko!*

From: *GagongBaliw*
Message: *hnd mo cnv na nerd ang type mo!*
(Hindi mo sinabi na nerd ang type mo!)

Kahit hindi ko sya kaharap. Ramdam ko ang pagka-irita nya. Para bang selos na selos sya kay Yuri.

To: *GagongBaliw*
Message: *wla kng paki!*

From: *GagongBaliw*
Message: *damn it! I'll wait for my chance and I assure u. Hnd ka na ttngin sa iba.*

Bigla nalang nagtayuan ang balahibo ko. Bumangod ako sa kama at iniwan ang cellphone ko. Mukang kailangan ko ng tubig. Hindi ko kinaya ang GagongBaliw na to.

Naglakad na ko papunta sa kusina. Wala na don sila Mama at Tita Gema. Nanguha ako ng tubig kagaya ng balak ko. Habang umiinom

napatigin ako sa ref.

Hindi ako nakaka-kain ng maayos nung nasa ospital ako. Dahil wala namang tao, binuksan ko yon at bumungad sakin ang Cookies and Cream Ice cream. Napapa-palakpak pa ko bago kuhanin yon at simulang lantakan.

Tsarap! Tsarap!

Habang busy sa pagkain naririnig ko si Tita Gema na parang nagagalit. Lumapit ako sa pinto ng kusina at akmang lalabas pero narinig ko ang boses ni Kuya Angelo kaya huminto ako.

"**Ma! Please! Pagod ako!**" Inis na sabi ni Kuya.

"**Nag-iisip ka ba?! Basta ka nalang umalis at hindi pumapasok sa trabaho!**" Sermon ni Tita Gema.

"**May inasikaso lang ako!**"

"**At anu yon? Hinahanap mo yung bumugbog sa kila Aries at Jay-jay?! Kasuhan nalang natin, hayaan mo nalang na Pulis ang gumawa non.**"

"**Hindi lahat ng problema solusyon ang Pulis.**"

"**Angelo naman!**"

"**Papasok na ko bukas. Nakita ko na si Mykel kaya wala na kong p-problemahin.**"

Gusto kong lumabas para tanungin si Kuya tungkol kay Mykel. Kung anung ginawa nya at kung anung nangyari dahil sa sunod nyang sinabi.

"**...comatose sya. Nasa isang Private Hospital. Mukang binalikan ng karma.**"

Digital talaga ang karma.

Napatakip ako sa bibig ko. Kung ganun may iba ng nagpabagsak sa kanya? Pero sino? Kakaiba yung kabog ng dibdib ko.

Matagal pang nag-usap sila Tita at Kuya. Napilitan akong tumambay muna sa kusina at ubusin yung ice cream. Nang masiguro kong wala na sila dun lang ako lumabas at dumiretso sa kwarto. Tinawagan ko si Yuri.

["*Jay?*"] Bungad nya pagsagot ng tawag.

"**Busy ka ba?**" Tanung ko.

["*Hindi naman, bakit?*"]

"Kasi... Si Mykel. Nasa isang Private Hospital daw."

["*What?! Buhay pa?*"]

Napangiwi ako. **"O-oo naman."**

["Good. Dahil ako ang papatay sa kanya."]

Bwisit! Ulupong talaga!

"Anu ka ba?! Puntahan natin! Gusto ko sya makita!"

["*Alam mo kung saang ospital?*"]

"Eh... Hindi."

["*Tss... Nice.*"] Sarcastic na sabi nya. **["*Sandali. May tatawagan ako.*"]**

Hindi na nya hinintay ang isasagot ko. Pinatay na nya ang tawag. Mukang gagamitin din nya yung '*ways*' nya. Iba talaga kapag ma-pera, marami kang galamay. Para kang pwedeng malaman.

Minuto lang ang binilang at naka-receive ako ng text message galing kay Yuri.

From: *Yuri*
Message: *I'm on my way. Susunduin kita.*

Hindi na ko nagsayang ng oras. Nagbihis ako at agad na lumabas ng kwarto. Nagpaalam ako kay Tita na nasalubong. Ayaw pa sana nya kong payagan pero narinig ko na ang busina ng sasakyan ni Yuri

kasabay ang pagtext nya sakin na nasa labas na sya.

"**Alam mo na kung saan?**" Bungad ko sa kanya pagsakay ng kotse.

"**Oo.**" Mabilis nyang sagot.

Pina-andar nya ang kotse. Hindi ko mapigilan na hindi makaramdam ng tensyon. Kahit wala akong kinalaman sa nangyari sa kanya, pakiramdam ko konektado pa rin sakin ang gumawa nito sa kanya.

Nakarating kami sa isang pribadong ospital. May anim na palapag ang building at puro di-aircon ang mga kwarto. Huminto si Yuri sa parking at bumaba kami.

"**Sa ICU sya.**" Sabi nya at nagpa-unang maglakad sakin.

Akala ko sa elevator ang tuloy nya pero ng makitang marami kaming makakasabay, pinili nyang maghagdan. Sumunod naman ako ng walang reklamo. Sa third floor kami huminto.

Lumapit kami sa isang Nurse Station.

"**Saan po dito ang ICU nyo?**" Tanung ni Yuri sa isa sa mga Nurse.

Tinuro naman nito sa hindi kalayuan ang isang bintana na may harang na kurtina. Malinaw ang nakapaskil dito na hindi pwedeng magpapasok ng unauthorize personnel.

Kumatok si Yuri sa katabing pinto nito at kinausap ang nurse na lumabas para sa kanya. Ilang sandali lang ng hawiin ang kurtina at bumungad ang matamlay na katawan ni Mykel.

Fvcking shit!

Parang hindi tao ang gumawa nito sa kanya. Magkabila ang tubo, linya at dextrose na naka-kabit sa katawan nya. Tanging ang aparato na may guhit-guhit ang nagsasabi na may buhay pa sya.

Puro gasa at benda ang katawan. May ilang parte din na sementado at bahagyang nakataas. Meron din mukang inoperahan dahil foam ang nakasuporta sa halip na gasa. Hindi ko magawang tagalan ang

itsura nya.

Nakaka-pang-lambot.

Tumalikod ako at iniwas ang tingin. Napansin yun ni Yuri kaya mabilis syang umalalay sakin.

"Gusto mo na bang umalis?" Tanung nya.

Nag-nod ako at kumatok ulit sya sa pinto ng ICU at nagpasalamat sa nurse. Naglakad na kami paalis.

"Kung sino mang gumawa nito. Gusto nila o nyang pahirapan si Mykel. Binuhay para indahin yung sakit." Sabi ni Yuri at napatingin ako sa kanya. **"...kung simpleng away lang to, kaya ni Mykel na lumaban kaya hindi sya aabot sa ganyan."**

Tama sya! Gusto nya o nila na pahirapan sya.

"Tingin mo... Marami ang gumawa nito sa kanya?"

"Pwede... Malaking lalaki si Mykel. Mahirap kung isa lang ang lalaban sa kanya."

Totoo yun. Kahit ako nahirap din syang kalabanin. Pero sino naman sila----SILA!

Pinaningkitan ko sya ng mata. **"Baka naman kayo may gawa nito?"**

Mabilis syang umiling. **"No! We did not!"**

Dinuro ko yung muka nya. **"Minsan nyo ng ginawa yan kay Kiko! Malay ko kung inulit nyo kay Mykel!"**

Sinabi ni Ci-N yun. Hinahanap din nila si Mykel para ganitahan.

Seryosong tumingin sakin si Yuri at huminto sa paglalakad. **"It's not us, Jay. One hit rule is an order from Keifer and he's not here to command."**

Gumuhit ang pagtatanung sa muka ko. **"One hit rule? Anu yun?"**

Huminga sya ng malalim at tila nag-aalangan. "**Yun ang ginawa namin kay Kiko. It was a rule created by us. Para masigurong makaka-ganti kaming lahat ng walang lamangan at the same time buhay pa rin yung ginagantihan namin.**" Paliwanag nya. "**...to make them suffer alive.**"

"**B-bakit ngayon ko lang nalaman ang bagay na yan?**"

"**Dahil ayaw nyang ipaalam sayo.**"

Si Keifer...

Bakit nga naman nila ipapa-alam sakin? Sino ba naman ako? Never naman yata nila kong tinuring na kabilang sa kanila.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 231

A/N: I want to know your opinion. Sa lahat ng nag-comment ng 'Malandi' kay Jay-jay sa mga previous chapter. Andito pa ba kayo? Do you still see Jay-jay as the same?

You see I'm an amateur. Hindi pa solid ang pag-buo ko ng character. May kulang or sobra na hindi kasama sa plano. I want to know so I can make some changes in the future.

Ugly Truth

Jay-jay's POV

["*Wala na sakin! Pina-bura na ni Keifer.*"] Sagot ni Ci-N mula sa kabilang linya.

Napabuntong hininga si Yuri at bahagyang nilapit ang cellphone sa bibig nya.

"Kahit isa wala kang tinira?"

["*Wala talaga.*"]

"Sige, salamat."

Namatay na ang tawag at binulsa ni Yuri ang cellphone. Mga video ng ginawa nilang kalokohan ang hinahanap nya kay Ci-N. Si Edrix daw kasi ang dating nagtatago non pero napunta na sa Batang Kumag.

Kaya nga nakita ko dati yung video ng pambubugbog nila kay Kiko.

One Hit Rule ang tawag nila sa ginawa nilang yon. Umamin ang Yuri na hindi lang daw isang beses nilang ginawa yon.

Umabot ng mahigit 30 ang lahat-lahat. May video bawat isa bilang souvenir. Sinubukan naming hiramin ang mga video para sana makita ko kung sino-sino ang sinaktan nila. Pero sa kasawiang palad wala na daw.

Naka-loud speaker ang phone ni Yuri kaya dinig na dinig ko.

I'm not blind----deaf pala.

"**Bakit ba kasi may ganun pa kayo?**" Iritang tanung ko.

"**Marami kaming naka-away. Bumabalik sila kung kelan nila maisipan para gumanti. Yung One Hit Rule na yon ang panglaban namin sa kanila para hindi na sila bumalik...**" Kinamot nya ang batok. "**...nakakasawa kaya kung sila ng sila yung ka-aaway.**"

"**Wow... Yung kaaway pinag-sasawaan pero yung pakikipag-away hindi.**" Kuwaring namamangha ako.

Ngumiti naman sya. "**Hindi na mawawala samin yun. Section E kami Jay.**"

"**Tsk! Tsk! Tsk!**" Napapailing na sagot ko sa kanya.

Nilagay nya ang mga kamay sa bulsa ng pants nya. Nag-cross arm naman ako at tumingin sa malayo. Hindi mawala sa isip ko kung sinong may gawa non kay Mykel.

Kung sino man sila, bakit parang galit na galit sila? Kung '*Sila*' nga talaga sila. Kasi may kakaiba akong kutob.

"**Tingin mo, sino kaya talaga may gawa nun kay Mykel?**" Tanung ko sa kanya.

Hindi sumagot. Nanatili syang nakatingin sa malayo at parang malalim ang iniisip. Hinawakan ko ang balikat nya habang nakadiretso ang hintuturo ko para agawin ang atensyon. Paglingon nya tumusok ang daliri ko sa pisngi nya.

Bahagya syang tumawa. "**B-bakit?**"

"**Tinatanung kita. Tulala ka dyan.**"

"**Sorry. Iniisip ko lang yung nangyari kay Mykel.**" Huminga sya ng malalim. "**...I have this weird feeling na hindi isang grupo ang gumawa nun sa kanya.**"

"**Parang isang tao lang.**"

"**Isang tao lang.**"

Halos sabay naming sabi. Nagkatinginan kami. Sabi na eh! Iba talaga ang kutob ko.

"**S-sino sa tingin mo?**" Tanung ko.

Yumuko sya sandali at tila nag-aalangan kung magbabanggit ba sya ng pangalan. Lumabi sya at tumingin sakin.

"**Si Keifer ang nasa isip ko.**"

Nag-nod ako. Sya rin ang isa sa hinala ko pero meron pang isa. *Yung GagongBaliw!* Nagbanta sya sa text na pagbabayarin si Mykel.

"**Meron akong isang pinaghihinalaan.**" sabi ko at kinuha ang cellphone ko mula sa bulsa. "**...baka kilala mo tong number na to.**"

Inabot ko sa kanya ang cellphone habang nakalitaw sa screen ang pangalan at number ng hudlong na textmate ko.

Napataas ang isang kilay nya. "**Gagong...baliw?**"

Ako nagpangalan nyan! Unique Bes! Unique!

"**Wag mo ng intindihin yung pangalan!**"

Nagkibit balikat naman sya sabay kuha ng cellphone nya. Nagpipindot sya don at parang sinubukang idial ang number. Pero mabilis syang umiling ng walang makuhang kaparehong number sa kanya.

Kinuha ko ang cellphone sa kanya.

"**Sino ba yan?**" Tanung ulit nya.

"Katext ko tong Gunggong na to. Ayaw nya magpakilala sakin pero kilala nya ko at kayo. Tapos nung na-ospital ako, nagbanta sya na pagbabayarin si Mykel."

Binuksan ko ang convo namin at pinakita ang message ng hudlong. Binasa naman nya yon pero parang hindi sya nakuntento. Binasa nya pa ang mga naunang message.

"Okay lang ba kung simulan ko sa una'ng message?"

Nag-nod naman ako at hinayaan syang basahin ng basahin ang mga laman. Medyo matagal-tagal din bago nya matapos yon kaya naman naupo na ko sa isang plant box malapit sa pwesto namin.

"**Jay, kelan tong may piring na hinalikan ka nya?**" Medyo inis na tanung nya sakin.

"Nung na-kidnap ako tapos may nasaksak si Keifer."

Tinitigan nya ko at parang meron syang inialala. **"Walang ibang tao'ng nakatayo don nung dumating kami. Si Keifer lang ang may malay."**

Alam ko na yan. Yan din ang nasa isip ko nung una.

Tumayo ako at lumapit sa kanya. **"Oo nga, pero imposible sya yan. Una, malayo ang pwesto ni Keifer sakin nung dumating kayo."**

"Hindi."

"Ha?"

"Nakatayo sya malapit sayo nung dumating kami."

Kumunot ang noo ko. Nagsisimula na naman akong maguluhan.

"P-pero pag-alis nung piring sakin...."

"Nakatayo sya, pinilit nyang maglakad pero bumagsak din sya agad dahil dun sa sugat nya."

Holy Fvckining Shit!

Anu ibig sabihin non? Na sya nga yung humalik sakin? Na sya tong katext ko na nagpapansin sakin? Pero bakit? Panung? Kinginang! Anak ng shutanginames!

Pero panu kung hindi. Panu kung sinasabi lang nitong Gago na to na sya ang humalik sakin kahit hindi naman pala talaga. O pwede ring sya naman pala talaga at nasakto lang na pag-alis nya ang pagtayo ng Hari ng mga Ulupong.

"I think it's better kung hindi mo muna replayan ang isang to. Hindi natin alam kung sino sya talaga." Sabi ni Yuri at binalik ang cellphone ko sakin.

Nag-nod lang ako sa kanya kahit wala naman talaga akong balak na sundin ang sinabi nya. Panu ko malalaman kung sino nga talaga to kung hindi ko sya makaka-usap. Kukuha ako ng mga clue na magtuturo sa kanya.

"Tara na... Ihahatid na kita. Dumidilim na."

Napatingin ako sa langit. Hindi naman dumidilim dahil pagabi. Dumidilim ang langit dahil mukang uulan. Nakumpirma ko pa yon dahil sa mahinang kulog na narinig ko.

Mabilis na naglakad si Yuri papunta sa kotse nya. Nakasunod lang ako at agad na sumukay ng pagbuksan nya.

"Muntik na tayong abutan ng ulan."

Oo nga. Bawal pa naman syang mabasa. Dadami sya.

Pinaandar nya ang kotse at naging tahimik. Minuto lang ang binilang at bumuhos ang malakas na ulan. At tsaka ako napatanong sa sarili ko.

Naligo ba ko?

It doesn't matter. Andito na ko, pauwi na nga eh. P-problemahin ko pa ba kung hindi ako nakaligo? Hindi rin naman siguro halata. Wala naman sinabi si Yuri.

Pasimple kong inamoy ang kili-kili ko. *Bango!* Kelan ba ko huling nag-ahit?

"**Jay? Okay ka lang?**" Tanung ni Yuri.

Ay nakita pala ako!

"**O-oo... May tinignan lang ako.**" Sabi habang umaayos ng upo.

Ngumiti sya sakin at nag-concentrate sa pag-drive. Sandaling huminto ang kotse dahil sa traffic light na nag-kulay red. Nagtawiran ang mga tao at habang pinag-ma-masdan sila meron akong naalala.

"Yuri. Diba sabi mo, mahigit 30 ang nakatikim ng One Hit Rule nyo?"

"Oo. Bakit?"

"Naaalala mo pa ba kung sino-sino ang mga yun?"

Napahimas sya ng batok. "**Hhhmmm... Well, yung iba don. Yung mga nanakit sayo at pinagtangkaan kang kidnapin.**"

Tinignan ko sya na salubong ang kilay. Yung mga unggoy na nagtangka sakin? Yung mga naka-away ko sa daan? Seryoso?

Joke yun, joke. Joker si Yuri eh.

"... Sa tingin mo bakit hindi ka na binabalikan ng iba sa kanila?"

Napaisip ako. Oo nga no?! Kung tutuusin pwedeng-pwede na nila kong balikan dahil alam naman nila kung saan ako pupuntahan.

"Ayun yung dahilan?"

Nag-nod sya. "**Isang tao lang ata ang hindi namin nabilakan...**"

Bahagya syang umubo. "**...yung ex mo.**"

Nanlaki ang mga mata ko. "**Si Cyrus?! Eh nakatikim na sya kay Keifer ah?**"

Medyo tumabingi ang ulo nya. "**N-nabitin daw sya.**"

Ang tindi!

Nakakahiya naman. Hindi na makabangon si Cyrus non. Nadala pa sa ospital. Tapos nabitin?! Ay nakakahiya talaga.

Napairap nalang ako sa hangin. Kakaiba talaga ang mga Ulupong na to.

Mas lalong lumakas ang ulan at parang nagsisimula ng bumaha sa labas. Napansin ko ang biglang pagliko ng kotse sa isang parking lot.

Malawak ang parking lot at covered kaya safe sa ulan.

"**Aanu dito?**" Tanong ko.

"**Lakas ng ulan. Baka maaksidente tayo.**" Sabi nya at hininto ang kotse. "**...kain muna tayo. Libre ko.**"

Mabilis kong tonanggal ang seatbelt. "**Tara na! Ang bagal mo!**"

Nauna pa kong bumaba sa kanya. Napapailing nalang sya habang binubuksan ang pinto ng kotse nya.

Libre to men!

Nilock nya ang pinto ng kotse bago lumapit sakin. Ang dami'ng tao sa entrance at exit ng mall. Dahil siguro sa ulan kaya hindi rin sila maka-alis.

Napilitan akong makipag-siksikan sa kanila. Pagpasok sa loob, naka-balandra pa rin ang mga tao kaya ganun na naman ang ginawa ko.

Sa kalagitnaan ng pakikipag-siksikan ko, bigla nalang may umakbay

sakin. Nagulat ako at handa na sanang manapak pero tumigil din ako ng makita ko kung sino.

"**Wag ka lumayo sakin.**" Sabi ni Yuri na nakatingin sa harap. "**...baka mawala ako sayo.**"

Nangunot ang noo ko. Bakit parang iba ang dating ng sinabi nya? Pinili ko nalang wag pansinin yon.

Nang malagpasan namin ang kumpol ng mga tao, agad akong bumitaw at lumayo sa kanya. Tinignan ko din sya ng masama.

"**Bakit ganyan ka makatingin?**" Tanung nya na parang nang-aasar.

"**Yang hirit-hirit mo na yan! May kalalagyan ka.**" Banta ko.

Malakas na pagtawa lang ang tinugon nya sakin. Pinag-tinginan sya ng ilang malapit sakin.

"*Gwapo ng pagtawa ni Kuya.*"

"*So manly, makalaglag panty.*"

"*Wafu ni Kuya.*"

Napatingin naman ako dun sa mga nagsabi non. *Ayos nyo brad!* Hindi ko kinakaya yung mga pinag-sasasabi nila. Nang makita'ng nakatingin ako sa kanila, mabilis naman silang umalis.

"**Selos naman agad.**" Parinig ni Yuri.

"**Excuse me, hindi ako nagseselos. Nakakaloka lang yung sinabi nila.**"

"**Bakit ka nagre-react? Wala naman ako sinabi na ikaw yun.**" Pang-aasar nya.

Tinapat ko ang kamao ko sa muka nya. "**Gusto mo nito?**"

Umiling sya. "**Sabi ko nga tara na. Kain na tayo dun sa Tokyo-Tokyo.**"

"Yan, ganyan!"

Naglakad na kami papunta don sa tinuro nyang kainan na may tema ng Japan. Inutusan nya kong maghanap ng pwesto at sya na raw ang o-order.

Habang naghihintay, narinig ko ang pagtunog ng cellphone ko. Isang text message ang dumating. Kinuha ko yon mula sa bulsa at tinignan kung sino man ang lapastangan.

Yung *GagongBaliw* ang unang pumasok sa isip ko at mukang tama nga ako.

From: *GagongBaliw*
Message: *Y r u with Yuri again?*
(Why are you with Yuri again?)

Panu nalaman nito yon?

Mabilis kong niligin ang paningin ko sa pagbabakasali na may magpapakita sakin o magpapakilala sya. Pero anu nga bang inaasahan ko.

May mga lalaking nakahawak sa cellphone nila pero malabong sila ito. Mabilis ko syang nireplyan.

To: *GagongBaliw*
Message: *pnu mo nlman? Andto k b? Asn? MAGPAKITA KA!*
(Panu mo nalaman? Andito ka ba? Asan? Magpakita ka!)

From: *GagongBaliw*
Message: *I dnt want to! Kng gsto mo kng mkita pnthan mo ko!*
(I don't want to! Kung gusto mo kong makita puntahan mo ko!)

To: *GagongBaliw*
Message: *ayw! Mmya pgka-kain.*
(Ayaw! Mamaya pagka-kain.)

From: *GagongBaliw*
Message: *Takaw! Takaw!*

Balak ko na sana'ng murahin ng matindi-tindi ang isang to kundi

lang dumating si Yuri. Tinago ko ang cellphone ko.

"**May katext ka?**" Inosenteng tanong nya.

"**W-wala... N-nagbabasa lang.**"

"**Ng? Wattpad? Naku! Tigilan mo yan... Nakaka-adik yan.**"

Taka akong napatingin sa kanya. "**Kilala mo yung wattpad?**"

Nag-nod sya. "**Nagbabasa din ako dyan minsan. SciFi o kaya Fantasy.**"

"**Edi adik ka din sa wattpad?**"

Umiling sya. "**Kapag free time lang naman ako nagbabasa. Pero kapag may gagawin, sinasantabi ko muna.**"

Napangiti ako. Yung may lalaki pa lang kagaya nya na wattpader. Ang angas-angas tapos nag-wa-wattpad.

"**Tuloy mo yan. Nakaka-attract yan.**"

"**Na-a-attract ka ba?**" Nakangiti nyang tanong.

Matagal na kong na-attract sayo pero nangibabaw ang feelings ko sa Hari ng mga Ulupong.

Mabilis akong nakaramdam ng pagka-ilang. Pinili kong irapan sya para hindi ipahalata ang nararamdaman ko. Tinawanan naman nya ko bilang sagot. Hindi nagtagal dumating ang isang waiter dala ang order nya.

Duon ko tinuon ang atensyon ko. Busy-busyhan ako sa pagkain kahit ang totoo, naglalaro sa isip ko ang sitwasyon naming tatlo.

Patapos na kong kumain ng muling tumunog ang cellphone ko. May tumatawag sakin at ng tignan ko yun----yung *GagongBaliw*.

"**Sino yan?**" Tanung ni Yuri.

Hindi ko na sinagot ang tanung nya. Pinili kong sagutin ang tawag nung GagongBaliw.

"**Hello...**" Bungad ko pagka-sagot. "**...kailangan mo?**"

Akala ko magsasalita pero wala akong narinig sa kabilang linya hangang sa aksidente akong napatingin sa glass wall ng kainan. Natigilan ako.

Nakatayo sa hindi kalayuan ang taong kanina lang ay nasa isip ko.

Si Keifer.

"**Jay... May problema ba?**" Tanung ni Yuri.

Nabitawan ko ang cellphone ko at unti-unti'ng napatayo mula sa kina-uupuan ko. Titignan na sana ni Yuri ang tinitignan ko pero may ilang kabataan ang dumaan at kasabay ng paglagpas nila ang pagka-wala nya.

"**Sinong tinitignan mo?**"

Hindi ako pwedeng magkamali. Si Keifer talaga yung nakita ko. Mabilis naglakad palabas at hinanap ang pamilyar na pagmumuka nya pero wala na. Kahit likod man lang nya.

Hindi ko napansin na sumunod sakin si Yuri.

"**Jay! Bakit? Anu ba yon?! May nakita ka ba?!**" Nag-alala nyang tanung.

"**N-nakita ko sya dito... Naka-tayo sya dito.**"

"**Sino?**"

"**Si.... Si.... K-keifer.**"

Paikot-ikot pa rin ako sa paghahanap at pagbabaka-sakali na makita ko sya ulit.

"**Baka naman na-malik-mata ka lang.**"

Umiling ako. "**Andito talaga sya. Nakatingin sya satin.**"

Sya talaga yon. Hindi ako pwedeng magkamali.

Salubong ang mga kilay nya. Nasa bulsa ang isang kamay at isa naman ay may hawak na cellphone. Dun lang bumalik sa isip ko yung cellphone ko. Hawak yon ni Yuri at mabilis kong inagaw.

Isang text message ang iniwan ng GagongBaliw.

From: *GagongBaliw*
Message: *Don't.*

Sinubukan kong tawagan ang number nya pero nakapatay na agad ang cellphone nya. Ilang beses ko pang sinubukan pero wala. Panu kung sya nga ang GagongBaliw na to?

Nakagat ko ang ibabang labi ko.

"***Naze...***" (why...) Dinig kong bulong ni Yuri.

Hindi ko naintindihan yung sinabi nya pero sa paraan ng pagtingin nya sakin na para bang puno ng pagtatanong. Habang nakatingin sa kanya, kusa nalang bumagsak ang mga luha ko.

Mabilis akong niyakap ni Yuri. Nasubsob ako sa dibdib nya. Alam kong pinagtitinginan na kami ng mga tao pero wala akong paki-alam sa kanila.

"***Kare no tame ni nai te i nai.***" (Don't cry because of him.)

Tang'nang to! Hirap na hirap na nga ako, nagawa pang magsalita ng Hapon.

Sarap tuktukan! Hindi yata sya na-inform na hindi ako marunong mag-nihonggo. May ilang sandali pa kaming ganun ang posisyon bago ko maisipang humiwalay sa kanya.

"**Sorry... Hindi ko napigilan. Nainis kasi ako.**" Paliwanag ko habang pinupunasan ang mga luha ko.

"**Okay lang... I'm always here for you.**"

Hinawakan nya ang ulo ko at bahagyang ginulo ang buhok ko. Nagpilit sya ng ngiti. Unti-unti'ng umalis ang kamay nya sa ulo ko at bumaba yun sa kamay ko. Hinawakan nya ang pu-pulsuhan ko.

Dahan-dahan syang naglakad at nagpati-anod lang ako. Sa mga kamay namin ako nakatingin. Hindi ganun kahigpit ang pagkakahawak nya pero parang apektado'ng apektado ako. Parang napapaso ang pulso ko.

Nakarating kami sa parking at pinagbuksan nya ko ng pinto. Sya na rin ang nagkabit ng seatbelt ko. Muli syang ngumiti sakin bago isara ang pinto. Para syang walang buhay habang naglalakad papunta sa driver's seat.

Pagpasok nya, malakas na buntong hininga ang binitawan nya. Kinabit nya ang seatbelt at sinara ang pinto bago paandarin ang sasakyan. May ilang minuto na kami sa byahe ng basagin ko ang katahimikan.

"**S-sorry.**" Halos pabulong kong sabi.

"**Wala kang dapat ihingi ng sorry.**" Sabi ng hindi tumitingin sakin.

"**Nasasaktan na naman kita.**"

Sandali syang tumingin sakin bago ibalik sa daan ang paningin at ihinto ang sasakyan sa tabi ng daan. Naging tahimik ako dahil hinihintay ko ang sasabihin nya.

"**Gusto kitang sisihin.**" Panimula nya. "**...gusto kong magalit sayo. Gusto kitang sumbatan. Pero mali yon, kasi umpisa pa lang alam ko na. Malinaw sakin na si Keifer talaga.**"

Please... Yuri...

Napayuko ako. "**Kaya siguro, dapat huminto ka na. Ayaw na kitang saktan.**"

"**Hindi pwede.**" Sagot nya dahilan para tignan ko sya. "**...Kelan mo pa napatigil ang pagmamahal?**"

"**Pero Yuri. Nasasaktan ka lang sakin.**"

"**At nasasaktan ka sa kanya, but did you stop?**"

Napailing ako dahil sa mga sinasabi nya. Malinaw sakin ang dahilan kung bakit ginagawa nya to pero bakit parang naguguluhan pa rin ako.

Tinanggal nya ang seatbelt at bahagyang lumapit sakin. Hinawakan nya ang kamay ko at hinalikan yun.

"**Hurt me. Hurt me many times. Hurt me anytime. I don't care. Hurt me until I feel numb.**" Mahigpit ang pagkakahawak nya sa kamay ko. "**...tatanggapin ko kahit gano kasakit. Kasi mas kaya ko yon, kesa ang mawala ka sakin.**"

Kinagat ko ang ibabang labi ko. Bakit ba kasi? Bakit ba kasi hindi nalang sya at ako? Bakit ba kasi hindi nalang sya ang piniling puso kong busy sa pag-jumping rope sa dibdib ko?

"**Bagay ka talagang president ng club natin.**" Sabi ko at taka nya kong tinignan. "**...Shunga Lovers Club.**"

Unti-unti syang napangiti habang hawak pa rin ang kamay ko. Hinalik-halikan nya yon bago magsalita.

"**At ikaw ang vice president.**"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 232

A/N: Happy 4k Members sa Group. Oh daba?! We celebrate every little things in the group.

And thank you so much sa mga covers na ito. hsjshhsnsm

Ang Mutya Ng
Section E
By:
Eatmore2behappy

ANG MUTYA NG
SECTION E
BY:
EATMORE2BEHAPPY

Ang Mutya Ng Section E

BY: EATMORE2BEHAPPY



Doughnut or Do not

Jay-jay's POV

Weird! Sobrang weird! Super duper weird! Super duper ultra weird! Super duper ultra omega to the highest level weird!

Muka mo Jay-jay weird.

Nakatayo ako sa harap ng table ko habang nakatingin sa mga pagkain. Oo, sa MGA pagkain. May isang box kasi ng donat sa table ko. Meron ding kape na galing Starbucks.

"**Jay-jay!**" Bati sakin ni Ci-N habang palapit.

Napatingin sya sa isang box ng donat. Namilog agad ang mga mata nya sa tuwa na akala mo para sa kanya yung pagkaing kaharap.

"**Penge!**" Sabi nya at akmang aabutin yung box pero hinampas ko ng malakas ang kamay nya. "**...Aray!**"

"**Basta ka kuha! Hindi naman natin alam kung kanino galing yan!**"

"**Syempre, isa sa mga classmate natin! Wala ka namang manliligaw sa labas para dalhan ka ng ganyan!**" Inis na sabi nya habang hinihimas ang kamay.

Naningkit ang mga mata ko sa kanya. "**Alam kong galing sa kapwa Ulupong mo yan! Ang ibig kong sabihin, sino sa kanila?!**"

Sabay naming tinignan ang mga Ulupong. Si Eman ang unang pumasok sa isip ko dahil sya ang kusinero namin dito. Nagsalubong ang tingin namin pero pinagtaasan lang nya kami ng kilay.

Okay, hindi sya!

Si Yuri ang sunod naming tinignan. Ngumiti lang sya at kumaway sakin.

Okay, hindi rin sya!

Lumingon ako sa gawi'ng kaliwa kung saan magkakatabi ang

magkaka-tropa sa kalokohan at magkaka-away.

Si Edrix na busy sa phone ang inuna ko pero hindi man lang nakaramdam ang Gago. Mukang naglalaro sya ng kung anu sa cellphone nya.

Okay, hindi din sya!

Katabi nya si Rory na may sinusulat sa notebook nya. Tumingin sya sa gawi ko at mabilis ding hinarap ang notebook. Para bang meron syang nililista na hindi ko maintindihan.

Hindi rin sya.

Basta hindi sya! Matakaw din yan, kung sa kanya galing yan, kahon nalang ang makakarating sakin!

Sinunod ko naman si Mayo. May pagkakataon na lilingon sya kay Kit pero mabilis ding haharap sa kausap na si Josh.

Mukang hindi rin sya. Si Kit ang focus nyan.

Ang kausap naman nya ang pinuntirya ko. Kaso mukang hindi rin sya. Kasi kung sya yun, bibigyan muna nya yung alaga nyang pusa bago ako.

Tsk! Tsk! Tsk!

Sa kanang gawi naman sana ako titingin pero napatigil ako ng makita ko si Ci-N. Nakabukas na kasi yung box at nasa kamay na nya yung isang donat at meron pa syang subo-subo.

"**Aba! Nalingat lang ako sandali!**"

"**Ma....rap.**" sabi nya habang puno'ng-puno ang bibig.

Nangunot ang noo ko. "**Anu?!**"

Tanging pag-nguya nalang ang naisagot nya sakin. Hindi pa sya nakontento. Kumuha pa sya ng isa bago umupo sa pwesto nya.

Naupo na rin ako habang nagkakamot ng batok. Basta pagkain nga

naman ang usapan. *Haizt!*

Pasimple kong sinilip yung donat. Mukang masarap naman talaga. Iba-iba flavor at mukang galing sa mamahaling bilihan ng donat.

Tig-11 pesos lang kasi ang kaya ko.

Tinignan ko yung mga Ulupong na malapit sakin. Nakatingin pala sila at mabilis ding nag-iwas ng tingin. Para bang inaabangan talaga nila kung kukuha ako o hindi.

Tsk! Kung kukuha ako----syempre makaka-kain ako. Wala na kong paki kung anu pang isipin nila. Masarap kaya ang donat.

Pero kung gagawin ko ang inaasahan nila----*Basta! Kakainin ko to!* Wala ng isip-isip pa. Bakit ko pa pag-iisipan? Pagkain to uy! Food is life! My life to be exact.

Lapang kung lapang!

Wala na kong paki kung isipin man nila na talo dahil sa pagtanggap ko ng bigay. Kumuha ako ng isa at dali-dali'ng kumain. May narinig pa kong nag-apir pero hindi ko na pinansin.

Kumain lang ako at sinabayan pa ko ni Ci-N. Napatingin ako kay David na bagong dating. Nakataas ang isang kilay nya samin at parang nagtatanong kung saan galing ang kinakain namin.

"**Gusto mo? Kuha ka.**" Alok ko.

"**Yung kape nalang siguro.**" Sabi nya sabay kuha dun sa kape.

Yung itsura nya parang puyat na puyat na naman. Sabagay mukang lagi naman syang puyat. Magtutulog lang sya hangang mamaya.

David na may sosyaling instinct pero laging pikit.

Malapit na naming maubos yung donat ng mapatingin ako sa box. Meron kasing nakasulat na natatakpan ng natitirang donat. Kinuha ko yung mga natitira at pinahawak kay Ci-N para mabasa ko yung nakasulat.

'*Congrats,*

Dahil kinain mo ang laman nito. Ibig sabihin pumapayag ka makipag-date sakin.

Mamaya pagkatapos ng klase.

—Felix.'

Napataas ang kilay ko. Si Felix nagbigay nito? Aba matindi! At anung date?!

Anak nang... Naisahan ako!

Mabilis akong tumayo at binato ang kahon kay Felix na kasalukuyang nakangiti ng nakakaluko. Yumuko sya para umiwas.

"**Wala akong sinabi na pumayag ako!**" Inis na sigaw ko sa kanya. "**...tsaka hindi naman ako ang kumain, si Ci-N!**"

"**Pero kumain ka pa rin.**" Nakangiting sabi nya.

"**Basta! Hindi ako makikipag-date sayo!**"

Bumalik ako sa kinauupuan ko at cross arm na sumandal. Naririnig ko pa rin ang asaran at tawanan nila. Akala naman ng mga Ulupong na to malalamangan nila ko ng ganun.

Hindi uy! Wais to men, wais!

Dumating si Sir Alvin at nagsimula ang klase namin. Sinimulan nya sa pagbibilin sa magiging exam namin hangang sa....

"**Half day lang kayo ngayon.**" Announce nya.

Napatuwid ako ng upo. Kulang nalang lumaki ang isang tenga ko para marinig ko ng maayos yung sinabi ni Sir.

"**...May meeting kasi ang mga board members at faculty.**"

Mabilis na nag-celebrate ang mga Ulupong. Meron pang pumalakpak at naghihiyaw na feeling nanalo sa lotto. Minsan talaga bukod sa pagiging Ulupong at Patay Guts, OA din sila.

Tinuloy na si Sir ang pagtuturo kahit ang atensyon ko ay andun lang sa in-announce nya.

Hehehe...

Lumipas ang oras ng hindi ko namamalayan. Natapos ang klase namin at syempre, wala ng pasok kaya mabilis kong nililigpit ang gamit ko.

Papalabas na ko ng room ng marinig ko si Felix na tinatawag ako.

"**Hintayin mo ko! May date pa tayo!**"

Napangiwi ako. Akala naman nya papayag ako sa Date na sinasabi nya.

"**May Date kayo?**" Tanung ni Ci na bigla'ng sumulpot sa harap ko.

Muntik ko na syang mamura dahil sa gulat. Daig pa kasi nya kabute sa biglang pagsulpot. Inis ko syang tinignan.

"**Hindi no! Tara na nga, uwi na!**" Sabi ko sabay batak sa bag nya.

Malalaki ang hakbang ko palayo sa room namin para makaiwas kay Felix. Bahala sya sa buhay nya. Date nya muka nya, pwede pa.

Pagdating sa gate nakisabay kami sa mga kumpulan ng mga istudyante. Nadidinig ko pa ang pangalan ko na tinatawag nila. Paglabas binitawan ko na si Ci at nagtatakbo. Alam ko namang susunod sakin ang batang kumag.

Nang makaramdam ng pagod dun lang ako tumigil. Malayo-layo na kami sa school.

"**Hoy! Jay-jay!**" Inis na tawag sakin ni Ci-N.

Naghabol muna ko ng hininga bago sya sagutin. Ang bilis kasi ng takbo ko kanina. Daig ko pa kasali sa marathon.

Feeling long legged ako.

"**Jay-jay!**" Tawag ulit nya.

Inis ko syang hinarap at handa na sana akong talakan sya pero umurong ang dila ko ng makita ko ang nasa tabi nya.

Nakasandal sa kotse si Felix at naka-silip naman si Percy sa bintana. Pareho silang nakatawa at ngiti'ng ngiti sakin. Nakangiwi ako'ng tumingin kay Ci-N.

"**Takbo ka pa! Naka-kotse sila!**" Inis na sabi nya. "**Tinatawag kita kanina.**"

"**Sorry naman.**"

"**Akala mo naman matatakasan mo ko.**" Pang-aasar ni Felix. "**...wais to bro, wais.**"

Linya ko yon!

"**Akala mo naman papayag akong makipag-date sayo.**" Pang-gagaya ko sa tono nya. "**...wais to bro, wais.**"

"**Mamasyal.**" Sabi ni Ci.

Umiling ako. Kahit saan pa nila ko dalin. Enchanted Kingdom man yan o Disneyland.

"**Mag-shopping.**" Dagdag nya.

Umiling ulit ako. Kahit bilhin pa nila ang buong Pilipinas.

"**Pagkain.**"

Umiling na naman ako. Kahit lahat pa ng pagkain—baka pumayag pa ko.

"**Libre.**"

Umiling—*teka lang!* Ibang usapan na. Libre daw eh.

Tinignan ko si Ci-N na nakangiti sakin. Ganun si Felix at Percy na nakahawak na sa manibela ng kotse.

Papayag na yan! Papayag na yan!

HINDI! Hindi ako magpapaloko sa libre na yan. Kahit ano pa yan. Hindi! Hindi! Hindi!

"**Sige. Gusto ko ng Pizza.**" Sabi ko at mabilis na sumakay ng kotse.

Pumlakpak pa ang Ci-N at Felix sa sobrang tuwa. Sa backseat ako pumwesto at sumunod naman sakin ang Batang Kumag.

"**Sinong may sabi'ng kasama ka?**" Iritang tanung ni Percy kay Ci.

"**Si Jay-jay.**" Mabilis nyang sagot sabay kapit sa braso ko.

Wala naman akong sinasabi ah?

"**Okay lang yan para hindi mailang sakin si Jay-jay.**" Sabi ni Felix habang kinakabit ang seatbelt nya.

Humarap sya sakin pagkatapos sabay kindat. Napairap nalang ako sa hangin. Feeling ko nahahawa na sa kayabangan nung Hari itong Pusa na to. Pwede ring dahil Ulupong talaga sya kaya ganyan sya.

Isa syang Pusa. Sya si Felix the Cat.

Kung hindi lang ako nagugutom, hindi talaga ako sasama sa kanila. Iisipin ko nalang si Percy at Ci-N ang nag-aya sakin. Alam ko na balak nitong isa.

Alam ko namang parte to ng panunuyo *daw* nila sakin. Akala naman nya madadaan ako sa Date na to. Masama ang loob ko sa kanya, sa kabila ng mga pinagdaanan namin—hindi sa nanunumbat ako.

Pero manunumbat na talaga ako.

Alam kong galit sya sakin dati dahil kadugo ko si Aries—na sinisisi nya sa pagkamatay ni Percy. Kaya siguro ganun din sya kapursige sa plano nila na yon.

Kumikirot ang dibdib ko kapag naalala ko yon. Pasimple kong tinignan ang magkapatid sa harap namin. Planado na siguro nila to.

Tuwing nagkasama kami ni Percy, may pagkakataon na isisingit nya

si Felix sa usapan. Tinatanung ako kung hindi ko pa daw ba napapatawad ang kapatid nya o kaya naman pipilitin ako naka-usapin.

Ibang klase! Dapat yata hindi ko na kinain yung donat.

Unti-unti'ng bumagal ang takbo ng kotse. Tumingin ako sa labas ng bintana. Isang vintage style na Pizza House ang nakita ko. Sakto naman na lumiko ang kotse sa parking area.

Nauna si Felix at Ci-N na bumaba. Sumunod naman kami ni Percy.

"**Hanap lang kami ng bakanteng table.**" Sabi ni Felix at mabilis na naglakad papasok sa loob.

"**Pizza! Pizza! Pizza! Pizza!**" Kanta ni Ci-N habang sumusunod kay Felix.

"**Hoy! Babayaran mo kakainin mo ah?**" Sigaw ni Percy kay Ci.

Hindi naman sya pinansin ng Batang Kumag hangang sa makapasok sa loob. Mabilis kong hinarap si Percy at tinignan sya ng masama.

"**Ano to?! Plano nyo to no?!**"

Kamot batok sya'ng ngumiti sakin. "**Tinutulungan ko lang kapatid ko. Gusto ko Happy Family tayo.**"

Dinuro ko sya sa muka. "**Muka mo Happy Family! Ikaw lang kapatid ko, si Felix hindi!**"

Stepbrother ko si Percy dahil anak sya ng asawa ng Papa ko. Stepbrother naman nya si Felix dahil asawa ng Papa nya ang Mama nito. So, saang banda ko sya naging kamag-anak?

Sa bubbunan?

"**Edi ampunin natin si Felix. Gawin din natin syang Mariano. Tutal hindi naman sya tunay na Collins.**"

Inimbaan ko sya ng suntok pero mabilis naman syang iiwas. Ang alam ko, ginawa lang Collins si Felix dahil nga sa Tatay ni Percy.

Para daw madala din sa America pagnagkataon.

Naglakad na ko palapit sa entrance ng kainan pero bago ko pa mahawakan ang pinto hinarang ako ni Percy. Seryoso ang mga mata nyang nakatingin sakin.

"**Kung pipilitin mo kong ampunin si Felix—.**"

"**Hindi yun.**" Putol nya sa sasabihin ko. "**...bigyan mo ng pagkakataon si Felix magpaliwanag.**"

Nagsalubong ang kilay ko sa kanya. "**Kahit naman—.**"

"**Jay. Lahat ng tao nagkakamali. Nagkamali si Felix pero wag mo naman sana syang pagkaitan ng karapatan.**"

"**Karapatan?**"

"**Karapatan na patawarin at bigyan ng chance.**" Ngumiti sya sakin. "**...sayang ang kagwapuhan ng kapatid ko. Mana sakin yan, kaya bigyan mo ng chance.**"

Naisingit pa talaga yon.

Sasampalin ko na sana sya pero mabilis syang pumasok sa loob. Muntik pang tumama ang kamay ko sa pinto. Hindi pa naman nawawala ng tuluyan yung kirot kaya buti nalang nailayo ko agad.

Nakasibangot akong pumasok sa loob. Hindi ganun kadami ang tao na kumakain. Puro luma ang disensyo sa loob. Mula sa table hangang sa mga ilaw sa kisame.

Nakita ko sila Ci-N at Percy sa isang sulok na parang nagtutulakan. Nagsisimula na silang pagtinginan dahil sa ginagawa nila.

"**Ako sabi! Ako sa tabi nya!**" Dinig kong sabi ni Ci.

"**Hindi! Ako! Ako ang kapatid! Ako dyan!**" Sagot naman ni Percy.

"**Eh anung ginagawa nyo?**" Inis na bungad ko sa kanila.

Mabilis na naglayo ang dalawa at halos sabay pa silang nagturuan.

"**Sabi ko ang ako gusto mo katabi.**" Paliwanag ng Batang Kumag.

"**Ako ang kapatid. Kaya dapat ako.**"

Napailing nalang ako sa kanila. Hindi talaga pwedeng magsama ang dalawa na to. Kesa gatungan pa ang away nila, pinili ko nalang maupo sa pwesto na pang-dalawahang tao lang malapit sa kanila.

Bago pa man mag-agawan ang dalawang ugok sa kung sinong uupo sa tapat ko. Naupo na si Felix sa katapat kong upuan.

Dapat pala yung pag-isang tao.

"**Bakit? Anu meron?**" Inosenteng tanung nya habang nakatingin sa kanya ang dalawa.

"**Mang-aagaw.**" Madiing sabi ni Percy sa kanya.

Humikbi-hikbi naman si Ci-N na parang iiyak. Napilitan silang pumwesto sa pang-dalawahan din malapit samin. Agad namang natinginan ng masama ang dalawa.

"**Anung gusto mong kainin?**" Tanung ni Felix.

"**Feel kong kumain ng buhay na manok.**" Sarcastic na sabi ko.
"**...malamang Pizza. Kanina ko pa sinabi diba?**"

Napakamot nalang sya ng batok. "**Sorry naman.**"

Kinawayan nya ang isang waiter na malapit samin. Naghingi sya ng menu na mabilis naman nitong binigay. Pati yung dalawang isip bata binigyan na din.

Sya nagsabi ng order ko at syempre dahil dakilang pasaway yung dalawa. Dinaig pa nila ang handa sa fiesta sa dami ng order nila. Muntik pang magtalo kung anu mas masarap.

Yung feeling na sila talaga yung center ng kaguluhan.

Buti nalang hindi ganun kadami tao dito. Pakiramdam ko tuloy hindi talaga masarap pagkain dito. Wag naman sana, baka hindi ako mag-enjoy. Hindi na nga ako enjoy sa mga kasama ko hindi pa

ko enjoy sa pagkain.

"**Jay-jay.**" Tawag sakin ni Felix.

Umarte akong hindi sya naririnig. Nanatili akong nakatingin sa paligid at tumitingin sa mga disensyo nila sa paligid. Pati bumbilya sa kisame napagtripan ko na ata.

"**Alam ko naririnig mo ko.**" Sabi nya. "**...sana lang intindihin mo yung paliwanag ko.**"

Napairap ako sa hangin. Maling mali talaga na sumama ako. Lintik na libre yan!

Muka ka kasing libre!

Bwisit kasing mga Ulupong yan! Sinasamantala yung kahinaan ko. Dapat umisip na rin ako ng strategy para makaiwas ako sa mga kalokohan nila.

"**I'm sorry Jay.**" Panimula nya. "**...I'm sorry kung nagsinungaling kami sayo. You can't blame me, galit ako sayo non eh. Pagnakikita kita naalala ko talaga si Aries. Bumabalik lahat sa isip ko.**"

"**Alam ko na yan.**" Walang buhay kong sagot. "**...hindi mo kailangang ulit-ulitin.**"

"**Oo, pero sa tingin ko hindi mo pa alam na hindi lahat ng nangyari satin ay kasinungalingan.**"

Tumingin ako sa kanya na salubong ang kilay at naguguluhan. Hindi ko naiintindihan ang ibig nyang sabihin. Ngumiti sya sakin at hinawakan ang kamay ko pero inagaw ko yon agad.

"**Hindi kasinungalingan yung mga nangyari kasama ng buong Section E. Yung mga panahon na masaya tayo, yung mga araw na tinutulungan mo kaming harapin ang mga problema namin, yung oras na masaya kami kasi may pasaway na Jay-jay na dumating samin.**" Umiling sya habang nakangiti. "**...lahat yun totoo.**"

Ang sarap pakinggan ng matatamis na salita pero nakakatakot paniwalaan.

Tumingin ako sa pwesto nila Ci-N. Halatang nakikinig sila samin pero kuwaring walang paki-alam. Muli kong hinarap si Felix pero sa pagkakataon nato, magaan ang mga tingin ko sa kanya.

Kagaya ng nararamdaman ko kay Yuri at Ci-N nung tinitiis ko sila. Ganun din ang nararamdaman ko ngayon. May kirot sa dibdib.

"**Panu mo naman nasabi? Kasinungalingan nga diba? Isang uri ng panloloko.**" Natawa ako ng mapait. "**...at yun nga ang konsepto non. Ang paniwalain ka sa isang bagay na hindi naman totoo.**"

Seryosong tumingin sakin si Felix. Para bang nasaktan sya sa sinabi ko. Hindi ko sya masisisi pero yon ang nasa isip ko noon pa.

Sinisi ko ang sarili ko dahil naloko nila ko. Inisip ko na tanga ako kaya nagawa nila yon. Pero may mali, dahil kahit ang pinaka-matalinong tao sa mundo naloloko sa ibang paraan.

Ibig sabihin lang non, nadadaan sa paraan ang panloloko nila. Sa paraan na kaya kang pasakayin. Sa paraan na mabilis kang paniniwalain. Sa pagpapakita ng *totoo* pero sa likod non ang tunay na *panloloko*.

At yan ang proseso ng pang-ga-gago.

Naniniwala naman ako na totoo ang mga nangyayari nong panahong wala pa kong alam. Yung mga tawanan namin at asaran. Kung panu nila ako alalayan. Para sakin totoo lahat ng yon.

Pero nasa likod pala ng mga tawanan namin na yon ang lahat. Ang lahat-lahat na babasag sakin.

"**Alam kong mahirap paniwalaan... Pero unti-unti kaming bumitaw sa plano.**" Titig na titig sya sa mga mata ko habang sinasabi yon. "**...dahil matagal ng huminto si Keifer. Ramdam namin na tumigil sya, dahil kahit sya...**" Ngumiti sya. "**...nagiging totoo na ang nararamdaman para sayo.**"

Shutanginames!

Napaawang ang bibig ko. Magsasalita dapat ako pero parang umurong ang dila ko. Napakurap din ako dahilan para umiwas ako ng tingin sa kanya.

Saktong nagtama ang tingin namin ni Ci-N. Nakangiti sya at parang proud na proud sa sinabi ni Felix. Parang sinasabi din nya na totoo ang sinasabi nitong isa.

"**Sa totoo lang, nag-iba ang tingin ko sa babae dahil sayo. Naging magkaibigan tayo at pinag-tsagaan mo ko kahit pinag-tatabuyan kita.**" Muli nyang hinawakan ang kamay ko pero sa pagkakataon na to, hindi na nya binitawan. "**...Sising-sisi na ako at mga kaklase natin. Pinag-sisisihan ko na ipinag-pilitan ko kay Keifer ang plano na yan. Tanggap ko ang galit mo pero sana, bigyan mo ko o kami ng pagkakataon para patunayan sayo na mahalaga ka samin....na kabilang ka samin.**"

Nanatiling urong ang dila ko. Magulo. Saksakan ng gulo. Ubod ng gulo.

Hindi ko na alam kung anung dapat paniwalaan.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 233

A/N: Sa dami ng gusto kong i-author's note. Nakakalimutan ko na yung iba. Hahahaha... Wala na naman ako sa sarili.

Anyway, sa Fb page na po ako mag-post ng link for UD. Thanks.

And thank you so much for this cover JasmKaye



Thank you din po dito ItSMissDoLLy

Ang Mutya Ng
Section E

Ang
MUTYA
Ng
SECTION E
Part Two (The Dark Side)

ANG MUTYA NG
SECTION E

Ang MUTYA
Ng SECTION E


Ang
MUTYA
Ng
SECTION
E
eatmore2behappy

Ang
Mutya
Ng
Section
E
eatmore2behappy

Ang MUTYA Ng
SECTION E
eatmore2behappy

Ang
Mutya
Ng
Section
E
eatmore2behappy

Ang Mutya Ng
Section E
eatmore2behappy

Ang Mutya Ng
Section E
eatmore2behappy

Ang
MUTYA
Ng
Section E
eatmore2behappy

Ang MUTYA
Ng
SECTION E

Ang Mutya Ng
Section E
eatmore2behappy

Ang
MUTYA
Ng
SECTION E
eatmore2behappy

Ang
Mutya
Ng
Section E
Eatmore2behappy


Ang
MUTYA
Ng
SECTION E
Eatmore2behappy

Tren

Jay-jay's POV

Tulala! Walang kibo!

"Mukang mulala."

Mukang mula—*sinong mukang mulala?!* Agad kong tinignan ng masama yung nagsabi non. Si Ci-N na may subong ice cream ang bumungad sakin.

"Ako ba sinasabihan mo?"

Umiling sya. "**Ayun! Yung magkapatid.**"

Si Felix at Percy ang tinutukoy nya. Palabas na kami ng kainan ng may bumati sa kanila na kakilala daw ng parents nila. Ayun, napakwento pa ang mga luko.

Nauna kami dito sa parking at hinihintay sila. Tanaw namin sila mula dito dahil sa glass window.

"**Grabe ka. Sila na nga nanlibre sayo.**" Sabi ko sabay cross arm.

Nagpatuloy sya sa pagkain ng ice cream. Tumatapon-tapon pa yon sa gilid ng labi nya. Tumingin ako ng tissue sa bag ko at mabilis na pinunas sa muka nya.

Kalat kasi kumain!

Kinuha nya yon mula sa kamay ko. "**Ako na.**"

Hinayaan ko sya at bumalik ako sa ginagawa ko. Ang pagtitig sa kawalan. Kanina ko pa kasi iniisip yung mga sinabi ni Felix. Yung nga sinabi nya, parang totoo pero mahirap paniwalaan. May trust issue na yata ako kaya ganito ako mag-isip.

"**Jay, penge ulit tissue.**" Sabi ni Ci.

Binuksan ko ulit ang bag ko at kinuha ang hinihingi nya pero napatigil ako ng may mapansin ako sa loob. Merong kulay pink na sobre.

Inabot ko muna sa Batang Kumag yung hinihingi nya bago kunin yung sobre. Meron pang disenyo ng puso. Pamilyar sakin ang itsura non na para bang nakita at nahawakan ko na rin dati.

De javu na naman.

Binuksan ko yung sobre. Obvious naman na para sa akin yun. Hindi naman siguro mapupunta sa bag ko to kung hindi. Kinuha ko yung laman na mukang stationary.

Isa lang ang masasabi ko. *Ang ganda ng penmanship!* Babae'ng-babae.

'*Dear Jay-jay,*

Hindi ito isang love letter. Mas tamang sabihin na friendship letter.'

Itinigil ko ang pagbabasa at ibinalik yun sa sobre. Ang korni kasi ng laman. Para akong aantukin na hindi ko maintindihan. Pero kabog na kabog ang ganda ng sulat.

Napatingin ako sa pintuan ng kainan ng lumabas ang magkapatid. Nakasimangot ang Percy pero nakangiti naman si Felix.

"**Kainis! Bakit kasi ang gwapo ko?!**" Inis na sabi nitong Baliw na Blue eyes.

Yung totoo?! Naiinis ba talaga?!

Salubong na salubong pa ang kilay nya habang kinakapa ang susi ng kotse sa bulsa nya. Napapailing nalang si Felix habang tumatawa.

"**Bakit?**" Tanung ni Ci-N.

"**Pinipilit kasi sya nung Kumare ni Mama na makipag-date sa anak nya.**" Tinapik nya sa balikat ni Percy na mabilis naman nitong sinage. "**...interesado daw kasi sa mga Zombie yun.**"

Malakas na tawa ang pinakawalan ni Felix at Ci-N. Mabilis silang tinignan ni Percy ng masama. Kahit ako natatawa na rin sa ideya na Zombie si Percy. Luko din pala ang Kumare ng Mama nila.

"**Gusto nyo maglakad pauwi?**" Banta ni Percy sa dalawa at unti-unti naman silang tumigil.

Napailing nalang ako. Binuksan nya ang pinto ng kotse kaya agad na rin kaming sumakay. Nay panaka-naka parong pagtawa yung dalawa.

"**Tara na Zombie lord.**" Pang-aasar ko.

Padabog nyang sinara ang pinto. "**Hindi ako zombie! Hindi mo ba gets? Ang gwapo ko para maging zombie!**"

Pigil ang tawa ko sa backseat. Ipipilit talaga nya yung salitang '*Gwapo sya*'. Lakas maka-luko! Baliw talaga sya.

"**...Kapag naging zombie ako, marami'ng babae ang papakagat sakin dahil sa kagwapuhan ko!**" Pagpapatuloy nya habang kinakabit ang seatbelt.

"**Ang lakas ng aircon!**" Parinig ni Ci at kuwaring tumapat sa aircon ng kotse habang nakatawa.

"**Gusto mong bumaba?**" Sarcastic na tanung ni Percy sa kanya.
"**...nang aano ka eh! I haven't start the engine! Ang lakas ng aircon ka diyan!**"

Hindi yan aircon! Bagyo yan, bagyo!

Pinaandar nya ang kotse at halatang inis na inis pa rin. Samantalang kaming tatlo may panaka-nakang tawanan. Lalu na ng umarteng zombie si Ci-N.

Tumitirik-tirik pa ang mata nya sabay lawit ng dila. Kinagat ko na ang labi ko para lang wag matawa ng malakas. May pagkakataong lumilingon samin si Felix at pasimpleng pagtatawanan si Ci.

"**Anu yan?! Bakit kayo nagtatawanan?!**" Inis na tanung ni Percy.

"**Wala. Mag-drive ka nalang.**" Nakatawang sagot ni Felix.

Sandaling huminto ang kotse dahil sa traffic light. Napatingin ako sa labas ng bintana. Para kasing iba ang daan na tinatahak namin. Ang alam ko kasi uuwi na kami.

Hala! Saan naman kami pupunta?

"**Akala ko ba uuwi na? Bakit parang ibang direksyon to?**" Tanung ko habang patuloy sa pagtingin sa labas.

"**Sinong may sabing uuwi na?**" Sabi ni Felix at ngumiti sakin.
"**...hindi pa kaya tapos date natin.**"

Napangiwi ako. Ang tindi ng taong to! Kung hindi lang tumunog ang cellphone ko kanina ko pa sya minura.

Kinuha ko ang cellphone ko sa bag. Isang text message ang dumating galing kay Yuri.

From: *Pres. Yuri*
Message: *Kamusta? Enjoying ur date with Felix?*

Inedit ko na nga pala ang pangalan nya. Dinagdagan ko na ng '*Pres.*' ibig sabihin President. Kasi nga sya ang Presidente ng club namin. Nag-type agad ako ng reply sa kanya.

To: *Pres. Yuri*
Message: *ays lng. Hnd maxdo. Kasma nga pla namin sila Ci-N at Percy.*
(Ayos lang. Hindi masyado. Kasama nga pala namin sila Ci-N at Percy.)

Wala pang isang minuto ng sumagot sya.

From: *Pres. Yuri*
Message: Hindi ka enjoy dahil may kasama kayo? 😒😒

Muntik na kong matawa dahil don sa emoji nya na parang gulat na gulat nga sya. Nakangiti akong nagreply sa kanya.

To: *Pres. Yuri*
Message: *Hnd yn! Naiilang ksi ako.*
(Hindi yun! Naiilang kasi ako.)

From: *Pres. Yuri*
Message: *ahh... Akala ko naman dahil may kasama kayong dalawa. Nag-seselos na nga ako ih.* 😒😒

Umiling ako habang nakangiti. Feeling jowa ang luko. Kaya din siguro nagtext sya dahil hindi sya mapakali.

Yureng seloso...

To: *Pres. Yuri*
Message: *Tsk! Pra mtahimk ka, si Ci-N ang ktabi ko ngyon.*
(Tsk! Para matahimik ka, si Ci-N ang katabi ko ngayon.)

From: *Pres. Yuri*

Message: 🥺🥺

To: *Pres.Yuri*
Message: 😑😑

From: *Pres.Yuri*
Message: 🥺🥺

Magt-type na sana ako ng irereply sa kanya ng may naramdaman akong presensya ng tao sa balikat ko. Tinignan ko ng masama si Ci-N na kasalukuyang nakiki-basa ng message sa cellphone ko.

At mukang hindi pa nakakahalata ang luko. Nakadungaw pa rin sa hawak ko. Sinubukan kong ilayo ang cellphone ko pero nakasunod pa rin ang mata nya.

Ang tindi ng bata'ng to! Solid sa pakiki-usyoso.

Sa inis ko, dinukdok ko yung phone sa mismon muka nya.

"Ayan na! Kingina! Saksak mo sa mata mo! Nakakahiya sa pakiki-usyoso mo!" Inis na sabi ko.

Nakatawa naman sya sakin ng alisin ko ang cellphone sa muka nya. Ngumu-nguso-nguso pa sya habang naka-peace sign sa daliri.

Sarap kutusan minsan.

"Sino ba kasi yang katext mo?" Tanung nya pa.

Napatingin ako sa rearview mirror at sakto namang nakatingin din dun si Percy. Umiwas ako agad at bahagyang umubo para iklaro ang lalamunan ko.

"Wala."

Hinawakan ko ng mahigpit ang phone ko. Ayaw nga pala ni Percy na nababanggit si Yuri. Habang tumatagal parang lalong tumitindi ang galit nya sa dating kaibigan.

Sinusubukan kong alamin ang tunay na dahilan pero naging mailap lang syang sakin. Kundi iiwas o iibahin ang usapan, magagalit sya

na parang kinasusuklaman nya pang banggitin ang katotohanan.

Pero kung hindi nya sasabihin, hindi ko maiintidihan.

Pakiramdam ko hindi lang to basta issue nung sa kanila ni Freya. Alam ko, higit pa don. Kung anu man yon, sana hindi maging dahilan yon ng bagong kaguluhan saming lahat.

Muling tumunog ang cellphone ko. Akala ko si Yuri ulit ang nagtext sakin pero ibang pangalan na ang bumungad sakin.

From: *GagongBaliw*
Message: *busy?*

Muka mo busy!

Eto pa isang misteryo sa buhay ko. Malakas ang kutob ko! Sobrang lakas ng kutob ko! Malakas ang kutob ko na ang taong to ay konektado sa Hari ng mga Ulupong.

Hindi ko sya nireplayan. May mga ilang bagay akong hinihintay na gawin ng bwisit na to. Yung mga bagay na yon ang magbibigay daan para mahuli ko sya.

"**Andito na tayo!**" Announce ni Felix.

Tinignan ko yung tinitignan nila sa labas ng kotse. Ang isa sa pinaka-malaking Arcade dito sa lugar namin.

Game House!

Pinarada ni Percy ang kotse sa harap ng building. Halatang excited ang Batang Kumag. Nauna pa kasi sya'ng bumaba at parang kilig na kilig habang nakaturo sa building ng Game House.

"**Tara na! Pasok na tayo! Egzoyted na me!**" Sabi nya.

Kamot batok ako habang palabas ng kotse. Lumalabas na naman kasi ang pagiging bata nya. Nag-birthday na sya dapat +1 na rin ang utak nya pero parang naging -1.

"**Bakit ba kasi natin sinama yan?**" Bulong ni Percy.

"**Ayaw mo ba? Sige. Uuwi na kami.**" Banta ko at agad naman syang umiling habang nakangiti.

"**Joke lang yun. Joke.**"

Inirapan ko sya bago maglakad palapit kay Ci na kasalukuyang nasa entrance na. Nakadikit na ang muka nya sa glass door. Hinawakan ko sya sa ulo at inaya ng pumasok.

Atat na atat ang luko muntik pa syang makatama ng pinto. Buti nalang naka-iwas yung lalaki. Humingi nalang ako ng pasensya para wala ng usap.

Malaki ang lugar na nahahati sa tatlo. Playground para sa mga bata, arcade para sa matatanda at bilihan ng mga pagkain, laruan at damit.

Bangis! Langit ang lugar na to para sa mga dakilang tambay.

"**Wow! Ang laki pala.**" Komento nila Felix na nasa likod ko.

"**Jay-jay!**" Tawag sakin ni Ci-N habang kumakaway. "**...sakay tayo dito!**"

Naglakad ako palapit sa kanya para makita ang tinuturo mo. Yung train na ginagamit sa mga mall para makapasyal ang sinasabi nya. Pero hindi na yon pwede samin—hindi na kami kakasya.

Nakatingin samin ang ilang kabataang sasakay sa train. Nagtataka siguro kung bakit gusto pa naming sumakay don kahit ang laki namin.

Muka kaming ewan pagnagkataon.

"**Ci... Anu... H-hindi kasi tayo pwede dyan.**" Alanganing sabi ko.

Agad na nag-iba ang expression ng muka nya. Bagsak ang balikat nyang nakatingin sakin.

"**Hala... Mukang iiyak yung bata.**" Dinig kong pang-aasar ni Percy na nasa malapit lang.

"**Kawawa naman...**" Gatong ni Felix.

Agad ko sila dinuro at tinignan ng may pagbabanta. Ang lakas nilang mang-asar eh kung tulungan kaya nila akong ipaliwanag kay Ci-n yung salitang hindi pwede.

Hinarap ko ulit si Ci at ganun nalang ang gulat ko ng makita nangingilid na ang luha nya. Nakanguso pa na para talagang bata. Confirm!

Umurong talaga ang pag-iisip nya.

"**Ci-N. Ang tanda mo na para—.**" Hindi ko na natuloy ang sasabihim dahil paghikbi nya.

Haizt! Hindi ako makapaniwala na gagawin ko to. Pero hindi naman pwede na ako lang ang magmukang ewan dito.

"**Oo na. Oo na. Sasakay na.**" Bored na sabi ko.

Nagpapalakpak pa sya sa sobrang tuwa habang nagtata-talon. Napapailing nalang ako.

"**Sa isang kondisyon.**" Dagdag ko na nagpatigil sa kanya. "**...dapat kasama din sila.**"

Tumingon sa gawi ng dalawang luko-luko. Nangungulangot pa si Percy ng tumingin din sila sa gawi namin. Sinenyasan ko silang lumapit.

"**Bakit?**" Tanung nya sabay pitik sa daliri na ginamit nyang panungkit ng mahiwagang kayamanan sa kweba.

Sala-ola naman!

"**Sasakay *TAYO*, dito.**" Pinaka-diinan ko talaga yung salita'ng tayo.

"**Wala namang Tayo.**" Sagot ni Felix.

"**Gusto mong sikmuraan kita?**" Banta ko.

"**Sakay na tayo! Dali! Aalis na!**" Pangungulit ni Ci.

"Ikaw nalang. Wag mo na kami isama!" Sabi ni Percy.

"Gusto ko kasama Jay-jay."

"Eh gusto ko kayong kasama." Patukoy ko sa dalawa.

Hinarap ni Percy si Felix at tinapik sa balikat. **"Samahan mo na."**

Nagsalubong ang kilay ni Felix at tinignan ng masama si Percy. **"*KAYO* daw. Ibig sabihin hindi lang isang tao."**

Patuloy sa pagtatalo yung dalawa. Binulungan ko si Ci na bumili na ng ticket para sa aming apat. Nang makahanap na sya ng pwesto mabilis akong pumwesto sa likod nung dalawa at buong lakas silang tinulak.

"T-teka lang! Hindi kami sasakay dyan!" Reklamo ni Percy.

Pilit ko silang tinutulak papasok sa bagon ng tren. Wala silang nagawa dahil sa sikip ng entrance. Nang makapasok sila sa loob don lang din ako sumakay at pumwesto malapit sa dalawa para hindi sila maka-takas.

Baka kasi bigla nalang silang tumalon. Akala ko kasama namin si Ci-N pero ng hanapin ko sya, nasa tabi sya ng driver sa harap namin. Mukang walang nagawa yung lalaki sa kanya. Kamot ulo nalang kasi ang nagawa nito habang nakatingin sa Batang Kumag.

"Bakit kasi kasama pa kami?" Inis na sabi ni Felix.

"Sino ba nagpasimula ng date na to?"

"Nakakahiya kaya sumakay dito. Pang-bata lang to."

"Bakit nga ba kasi dito nyo kami dinala?"

"Sabi ni Percy.... Gusto mo daw yung sa Arcade."

Mabilis kong tinignan si Percy na kunot ang noo. **"Sino may sabi na gusto ko sa Arcade?"**

Sa halip na sumagot ngumiti lang ng malapad sakin ang Gago.

Gusto ko sya sikmuraan ng matindi.

Saan naman kaya nya nakuha ang ideyang yun?

Narinig namin ang malakas na pagtunog ng bell. Indikasyon na aandar na yung tren. Natawa pa ko dahil si Ci-N ang nagpapatunog non.

"**Aandar na!**" Sigaw nya.

Halos sabay-sabay kami nila Felix at Percy na yumuko. Pinagtitinginan kasi kami ng mga tao kasabay ng pagtatawanan. Hindi ko naman sila masisisi. Nakakahiya talaga ang mga itsura namin.

"**Kasalanan mo to Jay.**" Sabi ni Percy sakin sabay takip ng kamay sa muka.

"**Kasalanan nyo! Alam nyo'ng may kasama tayong bata tapos dito nyo kami dinala!**" Inis na sagot ko.

Ang masakit pa nito saksakan ng bagal ang takbo ng tren. Mas mabilis pa yata akong gumapang.

Gapang na! Bilis!

Matapos na sana ang kahihiyan na to. Buti pa si Ci-N enjoy na enjoy dun sa tabi ng driver. May pakaway-kaway pang nalalaman. Dinaig pa ang artistang may pa-motor-trade.

Mas lalu kaming lumubog sa kahihiyan ng dumaan kami sa Arcade. Puro mga highschool student ang andon. Mabilis kaming pinag-tinginan at pinagtawanan.

Bwisit! Kainis!

May ilang minuto pa kaming nakayuko bago huminto ang tren. Kanya-kanya kami ng talon palabas ng bagon. Bahagya kaming lumayo at halos sabay-sabay na nag-cross arm.

Hinintay namin si Ci-N na tuwang-tuwa at parang ayaw ng bumaba.

"**Isa pa!**" Bungad nya samin.

Nagsalubong ang kilay ko. "**Hindi.**"

"**Ay. Isa nalang. Please!**"

"**Tama na.**" Inis na sabi ni Felix. "**...Baka mawalan na kami ng dignidad.**"

Kamot batok naman si Ci habang nakanguso. Naglakad na kami papunta sa Arcade dahil yun naman daw talaga ang dapat na pupuntahan namin at hindi ang pagsakay sa lintik na tren na yan.

Si Percy ang bumili ng card para samin. Pinalagyan na rin nya ng load yun na gagamitin namin pambayad sa mga games.

Nakasimangot sya'ng inabot samin ang mga card. Pati sya meron din.

Mabilis na pinuntahan ni Ci-N yung mga games na ticket ang premyo. Iipunin daw nya kapalit ng stuffed toy na nakita nyang nakadisplay.

Maraming games na pwedeng pagpilian pero pinuntahan ko agad yung basketball. Puro mga lalaki ang naglalaro pero wala akong pakialam. Hindi naman sila ang pinunta ko don.

Paki ko sa inyo!

Sinwipe ko ang yung card at sinumulang maglaro. Panay ang bato ko ng bola. Nasa second round na ko ng may mapansin ako sa gilid ko.

Yung grupo ng mga kalalakihan na naglalaro kanina panay ang tawanan habang nakatingin sakin. Bahagya akong lumingon sa kanila. Ganun nalang ang inis ko ng makita kong ginagaya nila ang dibdib ko.

Aarte silang may dibdib din gamit ang kamay at kuwaring tatalbog yun. Magtatawanan sila habang tinuturo ako. Napailing ako sa inis.

Hindi gulo ang pinunta ko dito pero mukang yun ang makukuha ko.

Akmang isho-shoot ko na ang huling bola ng umarte akong dumalas sa kamay ko yon, pero pasimple kong binato sa kanila yung bola. Tumama dun sa muka nung isa.

"**Ay sorry… Hindi ko sadya.**" Kuwaring paghingi ko ng pasensya.

"**Mag-ingat ka naman!**" Inis na sabi sakin nung isa.

Binalik nila sakin yung bola. Ngumiti naman ako sa kanila at nagpasalamat. Hindi pa ko nakaka-balik sa pwesto ko kanina ng muli silang magsalita.

"**Type mo yata kami eh!**" Sabi nung isa at nagtawanan sila.

Type?! Parang babaliktad ata ang sikmura ko.

Tinaasan ko sila ng isang kilay. "**Excuse me?**"

"Wag ka na magpakipot. Sabihin mo nalang kung gusto mo isa sa amin."

Natawa nalang ako sa sinabi nila. Mala-Percy din pala ang mga to pero panget na version sila.

"**Ang galing. Nahulaan nyo.**" Nakangiting sabi ko.

Kamag-anak nila si Madam Auring.

Mabilis na nagngitian ang mga luko sabay apir ng kamay sa isa't-isa. Mahigpit ang naging hawak ko sa bola.

"**Sino ba samin? Turo mo na.**" Mayabang na sabi nung isa.

"**Type ko kayong lahat…**" Nawala ang ngiti ko. "**…Type kong basagin ang mga muka nyo!**"

Buong lakas kong binato ang bola sa isa sa kanila. Sapul sa muka! Mabilis na nagkagulo ang mga tao at pinagtinginan kami.

"**Gago ka!**" Mura nung isa sakin.

Nilapitan nila ang kasama nila'ng nakahiga na sa sahig. Pinilit nila syang itayo. Ganun nalang ang taranta nila ng makitang puro dugo

ang kasama nila.

"**Shit Pre! Ang daming dugo!**" Sigaw nung isa.

"**Tang'na mo! Anung problema mo?!**" Sigaw sakin nung isa.

Akmang lalapit na sya sakin pero mabilis na humarang sa kanya ang isang malaking katawan. Masyado'ng matangkad si Felix para sa kanila.

"**Nagagalit ka sa ginawa nya sa tropa nyo? Eh panu yung pangbabastos nyo sa kanya?**" Panunumbat ni Felix.

Kanina pa sya dyan? Pati yung pang-ba-bastos alam nya.

Hindi nakapalag yung mga lalaki, lalu na ng lumapit si Percy sa tabi ni Felix halos magkasing laki ang dalawa. Magkasing-angas at halos parehas ng dating.

"**May problema ba dito?**" Kuwaring tanung ni Percy.

Unti-unti'ng umiling yung mga lalaki. Taranta silang binuhat yung kasama nila at umalis sa harap namin. Narinig ko pang nagtawanan ang tao sa paligid.

Hinarap ako nung dalawa. "**Ayos ka lang.**"

Nag-nod ako at napatingin kay Felix. Nakangiti sya sakin na parang nagsasabi na okay na ang lahat. Hindi ko alam kung bakit pero kusa din akong napangiti sa kanya.

"**S-salamat.**" Sabi ko sabay yuko.

Naramdaman ko ang kamay nya na pumatong sa ulo ko. "**Lakas mo magsimula ng gulo.**"

Natawa nalang ako bigla dahil sa sinabi nya. Ganun din sya. At sa simpleng tawanan namin na yon, parang bahagyang gumaan ang lahat samin.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 234

A/N: sisihin nyo po yung Goblin. Sya po ang dahilan kung bakit tatlo'ng chapter lng ang na-Ud ko. Parang ayoko na tuloy manood ng Kdrama. Naagaw non lahat ng nutrition ng utak ko para sa story.

Shout out sa Team Balisa at kay Yura XD.

Thank you ng marami sa mga ito. Missnickyyy

Ang
Mutya
Ng
Section
E
(Part Two)
The Dark Side
By:Eatmore2behappy

AMNSE
(Part Two)
The Dark Side
By:Eatmore2behappy

Ang Mutya Ng
Section E
(Part Two)
The Dark Side
By: Eatmore2behappy

Penmanship

Jay-jay's POV

Hapon na ng maisipan naming umuwi. Hindi kasi ako pwedeng gabihin dahil alam nila Tita na halfday lang kami.

Enjoy na enjoy si Ci-N sa yakap nyang stuffed toy. Asong malaki ang ulo ang nakuha nya.

"**Ang cute mo! Papangalanan kita...**" Tumingala sya at hinawakan ang baba. "**...Jay-jay!**"

Tarantado!

Malakas na batok ang binigay ko sa kanya. Kung hindi ba naman kasi! Muka bang pangalan ng aso ang pangalan ko?!

"**Sakit! Jay-jay... Binatukan ako ni Jay-jay.**" Sumbong nya don sa stuffed toy.

Narinig ko ang mahinang tawanan nila Felix at Percy sa harap namin. Sinipa ko yung upuan nila kaya napalingon sila samin kahit sandali.

Nagawa pa talaga nila akong tawanan.

"**Si Ci-N na ang unang ihatid natin. Mas malapit condo nya.**" Suggestion ni Felix.

"**Dapat dyan pinaglalakad nalang.**" Pang-asar ni Percy.

"**Kung isumbong ko kaya kayo kay Kei—Kingkong!**"

Alam kong hindi nya magawang ituloy ang sasabihin nya. Nakatingin kasi ako ng nakalulusaw sa kanya. Yung pakiramdam na nag-uusap sya at ang pesteng kumag na yon ng hindi ko alam.

Pero ngayon alam mo na?

Nadulas kasi sya kanina na magka-video call daw sila ni Keifer. Nung subukan kong linawin nilayasan nya ko at nagkunwaring busy sa mga games.

"**Hangang kelan mo itatago sakin na nagka-usap kayo?**" Iritang sabi ko at hinarap si Felix. "**...baka naman pati ikaw nakaka-usap sya?**"

Mabilis na umiwas ng tingin si Felix. Tsk! Sabi na eh. Hindi pwedeng hindi nya kinakausap ang mga Ulupong na to. Hindi naman ako nagagalit o nagtatampo. May usapan nga kaming space-space diba?

Pero ewan ko, may isang part ko ang naghahanap sa kanya at nagiging dahilan ng inis ko.

Nami-miss nya ang Hari.

"**Hindi makakatiis yun.**" Sabi ni Percy kaya napatingin kami sa kanya. "**...Malakas ang tama non. Hindi nya alam ang salitang mag-tiis.**"

Naalala ko tuloy yung kumakain kami ni Yuri. Sigurado talaga ako na nakita ko sya.

"**Posible kaya na....**" Pabulong kong sabi.

Meron akong hindi maintindihan. Actually lahat naman hindi ko maintindihan. Bakit ba kasi ang gulo?

Author bakit ang gulo?

(A/N: 😑😑😑😑)

"**Felix...**" Tawag ko sa atensyon nya. "**...may hindi lang ako maintindihan sa sinabi mo.**"

"**Ang alin?**"

"**Sabi mo kusang itinigil ni Keifer ang plano kaya tumigil na din kayo. Pero sa huli, parang itinuloy pa rin nya.**"

Nagtinginan si Ci-N at Felix. Para bang yun din ang tanung nila sa isa't-isa.

"**Jay...**" Tawag sakin ni Ci. "**...Hindi talaga namin alam ang dahilan. Pero bago yung nangyaring gulo non, napapansin namin na balisa sya.**"

"**Lagi din silang nag-aaway ni Keigan.**" Dagdag ni Felix.

Taka ko silang tinignan. "**Si Keigan?**"

Nag-nod si Felix. "**Nung minsang pumunta ako sa kanila, nagsisigawan sila at kulang nalang magsuntukan.**"

Eh bakit?!

Pakiramdam ko may nangyari na hindi namin alam. Sa totoo lang nahihirapan ako sa ganitong sitwasyon. Wala man lang malinaw na paliwanag ang lahat.

Keifer! Sa tingin ko marami kang dapat ipaliwanag sakin. Pag-balik nya dito, humanda sya sakin.

"**Dito na. Baba na Bata!**" Sabi ni Percy.

Dumila si Ci-N sa kanya. "**Oo na!**" Humarap sya sakin. "**Bye Jay-jay. Bukas nalang.**"

Bumaba na sya ng kotse at patakbong pumasok sa entrance ng building. Nang mawala sa paningin namin dun lang ulit umandar ang kotse paalis.

"**Hoy Felix.**" Tawag ni Percy sa kapatid. "**...bayaran mo lahat ng ginastos ko.**"

"**Ano?!**"

Bigla nalang nagtalo yung dalawa tungkol sa naging gastos sa Date daw na to. Hindi ko na sila inintindi dahil may ibang bagay na umiikot sa utak ko.

Pagkain?!

Lagi ko namang iniisip yun. Pero meron pang iba. Ang gulo gulo naman kasi. Bakit kailangang maging ganito ka-komplikado ang lahat.

Hindi pa rin tumitigil sa pagtatalo yung dalawa kahit nakarating na kami sa tapat ng bahay namin.

"**Salamat paghatid.**" Sabi ko at bumaba na.

Papasok na sana ako sa loob ng gate ng tawagin ako ni Felix.

"**Thank you.**" Nakangiting sabi nya. "**...hindi ko sasayangin yung pagkakataon na binigay mo sakin.**"

Ngumiti ako sa kanya at nag-nod. Pumasok na ko sa loob. Kahit papano magaan na ang pakiramdam ko kay Felix. Ganun yata talaga kapag nagpatawad kana.

Panu yung iba?

Dapat ko na rin ba silang patawarin? Pero panu ko gagawin yun kung yung iba sa kanila, parang proud pa sa ginawa nila.

Mga Ulupong. Mga Gagong Ulupong. Kaya nga naging Section E yung mga yun kasi nga Ulupong sila.

Napahinto ako sa paglalakad pagpasok sa pinto ng bahay. Nakatayo kasi sa harap ko si Kuya habang naka-cross arm. Salubong na salubong ang mga kilay nya.

"**Half day lang kayo diba? Bakit ngayon ka lang?**" Maotoridad na tanung nya.

Patay... Nakalimutan kong magpaalam kay Tita Gema.

"**Nagka-ayaan k-kasing kumain sa l-labas.**" Paliwanag ko. "**...p-pinilit ko namang hindi g-gabihin.**"

"**You just came out from the hospital Jay.**"

Napayuko ako. Alam ko naman ang ibig nyang sabihin. Nag-aalala sya sakin dahil sa nangyaring gulo.

"**S-sorry. Dapat nagtext muna ko.**"

Napabuga sya ng malakas na hangin. Para bang problemado'ng problemado sya at dumagdag pa ko. Alam kong namo-mroblema na sya sa kumpanya nila. Pero iba kasi ang dating ngayon.

"**Nevermind. Magbihis ka na at kumain. Nagluto ng miryenda si Mama.**" Utos nya at naglakad na palabas ng bahay.

Naiwan akong nakatanga sa kanya. Sinundan ko nalang sya ng tingin. Siguro pagod na pagod na si Kuya sa lahat ng hinaharap nya. Nakalimutan kasi nyang magsuklay.

Buti nalang gwapo sya.

Dumiretso na ko sa kwarto ko para magbihis kagaya ng utos ni Kuya. Habang nagpapalit ako ng tshirt narinig kong tumunog ang cellphone ko.

Kinuha ko yon mula sa bag at pangalan ni Yuri ang bumungad sakin.

From: *Pres. Yuri*
Message: *Hey, did you get home already?*

Agad naman akong nagreply sa kanya.

To: *Pres. Yuri*
Message: *Yes, panes!*

From: *Pres. Yuri*
Message: *Hahahahaha...*

Gago ata?!

Tinawanan ako ng luko. Parang ang saya-saya nya eh. Nakaka-inggit ang kasiyahan nya, magbahagi naman sya.

Binitiwan ko na ang cellphone ko at pinagpatuloy ang pagbibihis. Nang matapos kukuhanin ko na sana ulit ang phone ko ng may mapansin ako sa bag ko. Nakabukas kasi yon at nakasilip ang ilang gamit.

Yung letter....

Kinuha ko yun at muling pinagmasdan. Hindi ko nga pala tinapos ang pagbabasa nito kanina. Hindi ko tuloy nakita kung kanino galing pero feeling ko babae ang nagbigay nito. Sulat babae kasi!

Muli kong binuksan ang sobre at binasa ang sulat.

'*Dear Jay-jay,*

Hindi ito isang love letter. Mas tamang sabihin na friendship letter. Kasi una'ng-una hindi tayo Lovers—and this thing is so korni.

Please bare with me, I'm not good in writing letters. All I know is I need to explain my side and ask for your forgiveness. So please, please and more please—s read this letter until the end.

First of all, I'm so sorry. Sorry dahil ang kapal ng muka kong makisali sa plano sa kabila ng tulong na binigay mo sakin. Nabuo ang plano'ng yun nung mga panahong hindi pa kita ganun kakilala. Pumayag ako dahil lahat ng galit ko sa mundo at sa nangyari samin ng pinaka-mamahal ko sayo ko naibunton. Ewan, siguro dahil babae ka rin.'

Napataas ang isang kilay ko. Yung salitang *babae* ka rin. Tomboy ba nagsulat nito at may galit sa kapwa nya babae. Naguluhan tuloy ako. Wala akong kaklaseng babae na pwedeng magsulat nito. Muli kong tinuloy ang pagbabasa.

' *Pero maniwala ka, nung naging okay kami ng dahil sayo ginusto kong umatras. Ginusto kong hindi sumali pero napilitan akong tumahimik dahil sa takot ko kay Keifer. Wala'ng kahit sino samin ang kayang harapin sya. Kahit si Yuri na bestfriend nya, aminadong hindi rin sya kaya. Kaya naging tikom ang bibig ko habang kumikilos si Keifer.*

Nagalit din ako non nung nakita kong nagtatagumpay sya. Naawa ako sayo dahil nahuhulog ka sa patibong nya. Wala akong mapagsabihan sa pag-aakala kong ako lang ang kontra sa ginagawa nya. Kahit kay Mica wala akong sinabi dahil alam kong mababadamay sya.

Nanatili pa rin akong tikom nung pagtagal. Hindi dahil takot pa rin ako kundi dahil ramdam ko na maging si Keifer ay nahulog din sa bitag na para sayo. Hindi ko alam kung anung nangyari bakit nagawa nyang sabihin ang mga masasakit na salitang yon sayo. Halos lahat kami ay nagulat at nagtaka.

Hindi ko na papahabain pa. Alam kong tamad kang magbasa. Ikaw pa! Kaya naman tatapusin ko na ito at ipapa-ubaya sayo ang desisyon. Masaya ako na maging kaibigan ka. Sana bigyan mo pa ako ng pagkakataon.

Nagmamahal as friend,

—Gwapong Calix'

Anak ng shutanginamers! Bakit sulat babae si Calix? Alam kong hindi si Mica nagsulat nito dahil minsan ko ng nakita ang sulat kamay nya. Hanep yan! Akala ko talaga babae nagsulat nito.

Muli kong binalikan yung parte ng paliwanag nya. Yung sinabi nya na pati si Keifer nabiktima ng sariling plano nya. Kapareho kasi ng sinabi ni Felix sakin. At kahit sya hindi rin alam ang dahilan kung bakit nagawa nyang sabihin yun sakin.

Kung anu-anu tuloy ang pumapasok sa isip ko. Hindi ko na tuloy alam kung anu dapat paniwalaan. Si Calix, si Felix, si Ci-N at David sinasabi na Mahal talaga ako ni Keifer pero hindi naman nila masabi kung bakit nagawa pa rin nya kong saktan.

Anung tinatago mo, Hari ng mga Ulupong?!

Binaba ko ang sulat sa study table ko. Nagsisimula na kong makaramdam ng gutom dahil sa mga to. Lumabas na ko ng kwarto at naglakad papunta sa kusina para kumuha ng miryenda.

Malapit na ko sa kwarto ni Kuya Angelo ng may lumipad na papel sa paanan ko. Kinuha ko yon at tinignan, mukang print ng kung anung report lang. Katamad basahin!

Napatingin ako sa kwarto ni Kuya dahil mukang doon galing yon. Lumapit ako don at nakita kong nakabukas ang pinto. Puro papel din sa sahig na nilipad ata ng hangin.

Kamot batok akong pumasok at pinulot ang mga Papel. Hinanap ko din ang pinang-gagalingan ng hangin na nagpalipad sa mga papel. Napatingin ako sa bintana sa tabi ng study table ni Kuya. Hindi kasi nakasagad yun at mukang yun ang dahilan.

Tsk! Si Kuya naman ih! Hindi marunong magsara ng bintana!

Sinara ko ng maayos yun bintana at inayos yung mga papel. Habang pinag-papatong-patong ko ang mga papel meron akong napansin na picture katabi ng brown envelope.

"**Ako to ah.**" Bulong ko.

Picture ko kasi yon na papasok ng school. Ganun nalang ang pagtataka ko kung bakit meron si Kuya nito. Inikot ko yung picture sa pagbabakasali na may nakalagay o nakasulat sa likod at hindi naman ako nabigo.

Meron nga!!

Binasa ko yon at ganun nalang ang gulat ko sa nakalagay.

'*You should never walk alone. You're giving me a chance to kill you.*

—R.Sato'

R.Sato? Eto ba yung Ryosuke Sato na sinasabi nila non sakin? Yung isa sa gustong pumatay sakin? Yung nakalaban ni Yuri? Buong akala ko tumigil na sila sa pagtatangka sakin, pero ano to?

Binaba ko ang litrato at tinignan ang loob ng brown envelope. Maraming pang picture don na ako din ang nakalagay. Mabilis kong tinignan ang likuran ng mga yon.

'*Just wait....for me to kill you. Bitch!*'

'*Blame Yuri and Keifer....Blame them when you see them in hell.*'

'*Keep laughing....Coz that will be your last laugh.*'

'*I can't wait to kill you and see Yuri cry in pain.*'

Lahat ng to galing kay Sato. Nanginginig ang kamay ko sa bawat sulat at picture na tinignan ko. Nakabantay na pala si kamatayan sakin ng hindi ko alam.

Baka isang araw humandusay nalang ako sa daan.

"Hoy! Anung ginagawa mo dyan?!" Sigaw ni Aries sakin mula sa pinto.

Tinignan ko lang sya habang nangingilid ang mga luha ko. Nagbabadya na tumulo dahil sa takot.

"Tinatanung kita!" Sabi nya at mabilis na lumapit sakin. **"...Ayaw**

ni Kuya na—anu yan?"

Kinuha nya ang hawak kong mga litrato at tinignan yon isa-isa. Hangang sa tignan na din nya ang mga nakasulat sa likod non. Nanlaki din ang mata nya kasabay ng pagsalubong ng kilay.

"Bakit ka may death threat?" Nag-aalalang tanung nya habang patuloy sa pagtingin sa mga picture. **"...Sinong R.Sato?"**

Hindi ako makasagot. Napasandal ako sa lamesa. Nanlalambot ako sa nalaman ko. Abot kamay ko na pala ang kamatayan ko.

Pabatong ibinaba ni Aries ng mga picture. **"Fvck! I told you to stay away from Yuri and Keifer! This is what you get for disobeying me!"**

Hindi sermon ang kailangan ko ngayon! Please!

Kinuha nya ang cellphone nya at nag-dial. Hindi ko alam kung sinong tinatawagan nya. Nakatingin sya sakin habang hinihintay ang tinatawagan.

"Kelan pa to?" Tanung nya sakin.

Umiling ako. **"H-hindi ko alam."**

"Panung hindi mo alam?!"

"Ngayon k-ko lang nakita t-to. Dito sa kwarto ni Kuya."

Tinignan nya yung mga picture na nasa ibabaw ng lamesa. Sandali nyang tinanggal ang cellphone sa tenga at muling nagpi-pindot bago ibalik.

Halatang naiinis na sya sa hindi pagsagot ng kausap.

"Alam mo ba kung saan nagpunta si Kuya?" Iritang tanung nya.

Umiling ulit ako. **"N-nakita ko syang l-lumabas ng bahay, pero h-hindi ko alam kung s-saan sya nagpunta."**

Binaba nya ang cellphone at halos ibato nya sa inis. Mukang si

Kuya Angelo ang tinatawagan nya.

"Alam na ba nila Keifer to?!"

"A-alam namin—."

"Bakit pa-easy-easy lang sila? Nagawa pa nyang umalis ng bansa!"

"A-akala namin tumigil n-na sila nung n-napabagsak namin si Jason."

Taka nya kong tinignan. **"Nakaharap mo si Jason?"**

Hindi yung nasa Friday the 13th!

Nag-nod ako. **"N-naka-usap ko sya nung una p-pero nauwi din yon sa laban."**

"What the fvck Jay?! Gulo ba talaga ang hanap mo?! Bakit nakisali ka sa gulo nila Keifer?!" Galit na sabi nya.

May ilang ulit syang nagpa-ikot-ikot sa harap ko. Nasuklay na rin nya ang buhok nya kasabay ng pagsabunot.

Hindi ko alam kung nag-aalala ba sya sakin o ano. Kung anu man yon hindi ko magawang makaramdam ng kahit ano. Nanaig sakin ang takot at kaba.

"Tawagan mo si Yuri. Kailangan ko syang maka-usap." Utos nya.

Taka akong napatingin sa kanya. Napa-nganga pa ko habang nakatanga. Ngayon lang ata sila magkaka-usap ni Yuri pagkatapos ng gulo sa retreat.

"Yung inuutos ko!" Sigaw nya sakin kaya napataranta ako sa gagawin.

Tumakbo ako pabalik sa kwarto ko para kuhanin ang cellphone ko at tawagan si Yuri. Nanginginig pa ang kamay ko habang dinadial ang number nya.

Relax lang Jay!

Panu ako magre-relax?! Mamatay na pala ako ng hindi ko alam!

Nagsimulang mag-ring ang tinatawagan ko. Pakiramdam ko sa bawat segundo na hindi nya sumasagot lumalapit ang kamatayan ko.

["*Hello…Jay.*"] Bungad nya pagsagot.

"Y-yuri… B-baka pwede k-kang pumunta dito?"

["*Okay ka lang ba? Pwede naman. Bakit may nangyari ba?*"]

"M-meron."

["*Shit! I'm on my way!*"] Tarantang sabi nya at pinatay ang tawag.

Nanginginig pa rin ang kamay ko kahit naka-usap ko na sya. Hindi ako mapakali. Natatakot ako na hindi ko maintindihan. Naubos na yata ang tapang ko kay Kuya Angelo kaya hindi ko na magawang harapin ang ganito.

Biglang sumulpot si Aries sa pinto at nagsalita. **"Did you call—?"**

"KINGINA!" Sigaw ko dahil sa gulat.

"Minumura mo ba ko?!" Galit na sabi nya.

"Bakit kasi bigla-bigla kang pumapasok?"

"Kasalanan ko pa ngayon!"

"Wag ka kasing nang-gugulat!"

"Bakit kasi naka-tanga ka?!"

"May iniisip ako, malamang!"

"Tinawagan mo na ba?!"

"Oo!"

"Bakit ka naninigaw?!"

"Eh sumisigaw ka!"

Dumating bigla si Tita Gema at takang nakatingin samin. **"Bakit kayo nagsisigawan?"**

Sabay kaming umiling ni Aries. **"Wala po."** Sabay din naming sagot.

Naningkit ang mata nya samin. **"Kayong dalawa... Baka mamaya isa sa inyo maabutan naming patay dito."**

Agad na nalukot ang muka ni Aries. **"Ma! Wag nga kayong O.A! Muka bang kaya kong pumatay?!"**

Si Jay-jay.....Oo! Lalu kapag gutom.

"Sinasabi ko lang." Sagot ni Tita bago tumalikod samin at umalis.

Agad akong tinignan ng masama ni Aries. **"Wag kang aalis dito sa kwarto mo."**

"Bakit?! Darating si Yuri."

"Kami ang mag-uusap. Hindi kayo!" Sabi nya at sinara ang pinto ng kwarto bago tuluyang maka-alis.

Anak nang... Anu naman kaya ang pag-uusap?!

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 235

A/N: Anu kaya meron sa authors note ko? Bakit kaya nila inaabangan? Hindi naman nila makikita kagandahan ko. Pwede pa yung kakornihan ko.

Anu kaya meron? 🪶🪶

Pa-🚩🚩🚩...

Love: Badboys and Goodgirls
By: Sophia_Cassandra29

Beautiful Girl
By: Kim_keajoon

He Change
By: Lyka_mea

I call you mine
By: v_taehyung1451

That Probinsyana is the Lost Princess
By: Jackeng_Saranghae

Falling Inlove with a Mean Liar
By: ZyInLove

Bad boys Princesses
By: gorg_demigod

🚩🚩🚩🚩🚩🚩🚩🚩🚩🚩🚩🚩🚩

Forgiveness

Jay-jay's POV

"Anu pinag-usapan nyo?" Tanung ko kay Aries habang nag-aalmusal kami.

"**Wala kana don.**" Bored na sagot nya sakin.

Tinignan ko sya ng masama. "**Sabihin mo na!**"

"**Tsk! Tigilan mo nga ako!**"

"**Anu ba yan?!**" Iritang sabi ni Mama habang naglalakad palapit samin.

Ininom nya ang kape sa tasang hawak nya bago ibaba yun sa lamesa. Matalim ang tingin nya saming dalawa na para bang sinasabi nya na kami ang pinaka-makulit na magkapatid sa balat ng lupa.

Pero si Aries mukang lupa.

"**Ang aga-aga ng bangayan nyo! Hindi nyo ba kayang tumahimik?**" Inis na sabi nya sabay kuha ng tinapay.

Napayuko lang ako kasabay ng pagsubo ng kanin. Samantalang parang walang narinig si Aries. Patay malisya at tuloy sa pagkain.

Napatingin ako sa pinto ng pumasok si Kuya Angelo. Kinakabit pa nya ang necktie nya bago lumapit samin at kunin ang tasa ng kape na kanina pa hindi ginagalaw ng kahit sino samin.

Malamig na yata yung kape.

"**May pumasok ba sa inyo sa kwarto ko?**" Tanung nya ng hindi tumutingin samin.

Nagsalubong ang mga mata namin ni Aries. Kulang nalang sabihin nya na '*isusumbong kita*'. Matagal kaming nagtitigan ng humarap sya kay Kuya Angelo.

Hala! Isusumbong nya ko!

"**Si Aries yun! Si Aries yung pumasok sa kwarto mo!**" Sabi ko habang nakaturo kay Aries.

Agad na nagsalubong ang kilay nya kasabay ng matalim na tingin sa sakin. Nakagat ko ang parehong labi ko kasabay ng unti-unti'ng

pagbawi ng daliri ko.

Tinignan sya ni Kuya. "**Pumasok ka sa kwarto ko?**"

Nanatili sakin ang mga tingin ni Aries. "**Oo, ako nga.**"

Wooooossshhhhh! Save!

"**...Nakita ko nga yung laman ng brown envelop sa table mo.**" Dagdag nya dahilan para matigilan si Kuya.

Lumipat ang tingin nila sakin. Agad naman akong umiwas at bumalik sa pagkain ng almusal. Halatang naguguluhan si Mama sa nangyayari.

"**Anu bang pinag-uusapan nyo?**" Tanung nya.

Secret! Walang clue!

Walang nagsalita sa amin. Nanatili ang mga tingin nila Kuya at Aries sakin. Napilitan tuloy akong isaksak lahat ng pagkain sa bunganga ko.

Si Kuya Angelo ang bumasag sa katahimikam. "**It's nothing Tita. Aalis na po ako pakisabi nalang po kay Mama.**"

"**S-sige.**" Sagot ni Mama.

Mabilis na kinuha ni Kuya ang gamit at naglakad na paalis. Sunod namang tumayo si Aries na walang kahit na anong imik.

Pinilit kong nguyain ang pagkain sa bibig ko para maka-alis na rin dahil alam kong kukulitin lang ako ni Mama.

Bilisan mo kumain Jay!

Akmang magtatanung na sya ng bigla akong tumayo at lunukin lahat ng laman ng bibig ko. Uminom akong tubig para mabilis na bumaba ang mga yon.

"**Maliligo na ko.**" Paalam ko at hindi na hinintay ang sasabihin nya.

Malalaki ang bawat hakbang ko pero hindi papunta sa kwarto ko. Kundi papunta sa kwarto ni Aries. Hindi na ko kumatok at diretdiretsong pumasok sa kwarto nya na sana hindi ko pala ginawa.

Pagkakamali ko pa, dumiretso ako hangang sa malapit sa kama nya may kalayuan sa pinto. Topless ang kapatid ko at tanging boxer nalang ang natitirang suot.

Shit! My eyes! Oh no! My eyes!

"**What the fvck!!**" Sigaw nya ng makita ako.

Ang totoo, hindi na bago sakin ang ganyan dahil siguro nasanay na ko sa mga Ulupong. May ilang beses ko ng nakitang naka-boxer lang ang mga yun at walang pakun-dangang nagbibihis sa harap ko. Nagaganap yon tuwing P.E. namin.

Napatingin ako sa ibaba ng dibdib nya sa kaliwa. Sa parte ng ribs kasi nya may dalawang peklat. Guhit yun na siguro sa tantsa ko may kalahating dangkal bawat isa.

Napano yun?!

Napansin siguro nya na nakatitig ako, pasimple nyang sinampay ang twalya sa kaliwang balikat dahilan para matakpan ang tinitignan ko.

"**Anu bang kailangan mo?! Hindi ka ba talaga marunong kumatok?!**" Inis na sabi nya.

Muntik ko ng makalimutan ang pinunta ko. Kasalanan to ng peklat nya eh. Agaw pansin kasi! Ngayon ko lang kasi sya nakitang naka-topless.

"**Mag-t-thank you lang sana ako sa ginawa mo kanina.**"

Pinagtaasan nya ko ng kilay. "**Dahil wala akong choice. Ituro mo ba naman ako. Kundi ba naman kasi—pasalamat ka may gusto akong malaman kaya inako ko na!**"

"**Anung gusto mong malaman?**"

Nagpamaywang sya. "**Required bang sabihin ko pa yon sayo?**"

Napaiwas ako ng tingin at lumabi. "**Oo, sana.**"

Malalim na buntong hininga ang binitawan nya. "**Gusto kong malaman kung bakit nakay Kuya ang mga picture na yon at kung may ginawa na ba syang hakbang. Okay na? Satisfied?**"

Dahan-dahan akong nag-nod. "**Meron pa sana akong isang tanong.**"

"**Ano?! Spill the bean.**"

Nahihiya talaga akong itanong sa kanya to pero kasi... "**Okay na ba tayo?**"

Halatang natigilan sya sa sinabi ko. Naguluhan sya nung una pero halatang inisip din.

Sabihin mo sakin ang Horoscope ko for today.

"**Get out.**" Ang tanging sagot nya.

Naging seryoso ang mga mata nya. Tinignan nya ko pero mabilis din syang umiwas. Mag-po-protesta na sana ako ng muli syang magsalita.

"**Please get out of my room.**" Maotoridad nyang utos.

Wala akong ibang nagawa kundi ang sundin ang utos nya. Lumabas ako ng kwarto nya at sinara ang pinto. Mabigat ang bawat hakbang ko papunta sa kwarto ko.

Hindi ko maintindihan ang inaasta nya at hindi ko rin maintindihan ang sarili ko. Galit ako sa kanya. Masama ang loob ko dahil sa mga pinag-gagawa nya.

Pero hindi ko itatanggi, may bahagi ko ang gusto'ng makipag-ayos na sa kanya. Nami-miss ko din naman yung pinag-samahan namin.

Dumiretso na ko sa banyo at naligo. Kasalukuyan akong nagsisipilyo ng maalala ko ang peklat ni Aries sa ibaba ng dibdib.

Saan nya nakuha yun? Bakit sya may ganun?

Ang weird ng pakiramdam ko sa peklat nya na yon. Napahawak ako sa ibaba ng dibdib ko. Kung hindi ako nagkakamali naka-tapat sa ribs ang peklat nya.

Teka lang.....Tama ba yun? Nakatapat sa ribs—nakatapat sa lungs? Yun ba yung—.

'*Jay-jay! Ako to! WAAAG!*'

"**Argh! Ang sakit!**" Sigaw ko kasabay ng paghawak ko sa ulo ko.

Nabitawan ko ang toothbrush ko at napahawak sa lababo ang isang kamay ko. Bigla nalang kasing kumirot ang ulo ko kasunod ng biglang pagpasok sa isip ko ng bagay na yon.

Boses ni Aries yun. Hindi ako pwedeng magkamali. Pero malabo, hindi ko maintindihan. Parang bahagi sya ng nakaraan ng nag-flashback bigla sa sakin.

Kelan nangyari yun parang wala akong maalala na ganung pangyayari. Hinilot-hilot ko ang sintido ko. Bahagyang nawala yung kirot ng ulo ko matapos ang ilang minuto. Siguro kailangang ko lang iligo to.

Itinuloy ko na ang ginagawa ko sa banyo at pilit kinalimutan ang pumasok sa isip ko. Pagkatapos, nagbihis ako agad at nag-ayos.

Habang nagsusuklay tumonog ang cellphone ko indikasyon na may dumating na text. Si Yuri ang nasa isip ko kaya agad kong kinuha yun para tignan pero isang unknown number ang bumungad sakin.

From: *+639*********
Message: *You're dead*

Binalot ako ng kakaibang kaba dahil sa message na yon. Muntik ko na ring mabitawan ang cellphone. Sana prank lang ang isang to. Sana nagkakamali ako ng nasa isip.

Wag naman sana....

Baka paglabas ko ng bahay may nag-aabang na pala sakin. Parang ayoko ng pumasok. Baka sa school ako ma-tegi, gusto ko pa naman maganda ako kapag namatay.

Panu kaya ako aalis nito? Alam kong hindi ako isasabay ni Aries.

Si Yuri!

Tama! Magpapasundo ako sa kanya. Tatanungin ko na rin sya sa pinag-usapan nila ni Aries. Sasabihin ko na rin tong na-receive kong message.

Nanginginid pa ang kamay ko ng hanapin ko ang number nya pero may message na biglang pumasok at napindot ko ang pangalan non kasunod ng call.

GagongBaliw!

Mabilis na sinagot ang tawag kaya hindi ko na napatay. Wala akong choice kundi kausapin sya kahit sandali para ipaliwanag ang katangahan ko sa cellphone.

"Hello? Sorry... Napindot ko lang yung call. Papatayin ko na." Sabi ko at sandaling hinintay ang sagot nya pero as usual hindi na naman sya nagsalita kaya pinatay ko na ang tawag.

Wala pang isang segundo ng may dumating na message galing sa kanya.

From: *GagongBaliw*
Message: *Why are you not responding to my messages?*

Pinagmasdan ko yung message nya. Para kasing hindi sya jejemon ngayon. Hindi ko na pinansin at nireplyan na lang sya.

To: *GagongBaliw*
Message: *bc ksi me. Dming nangyri khapon.*
(Busy kasi me. Daming nangyari kahapon.)

From: *GagongBaliw*
Message: *Still! You should have text me atleast!*

To: *GagongBaliw*
Message: *demanding! Jowa ba kita?*

From: *GagongBaliw*
Message: *no! But i'm your future.*

Napangiwi nalang ako sa sinabi nya. Ayos din ang lalaking to. Pero meron naman syang magandang epekto. Panandaliang nawala ang pangamba ko ng dahil sa kanya.

Hindi ko na sya nireplyan. Ginawa ko na talaga ang pakay ko at yun ay ang tawagan si Yuri para magpasundo.

["*Hello? Jay?*"] Bungad nya sakin pagkasagot ng tawag.

"Uy, pwede favor? Wala ka pa naman sa school diba?"

["*Wala pa naman. On the way pa lang ako. Anung favor yun?*"]

"Pwedeng magpa-sundo?" Walang alinlangan na sabi ko.

Narinig ko ang mahinang pagtawa nya. **["*Actually, kanina pa kita hinihintay dito sa labas ng bahay nyo.*"]**

Nabigla ako sa sinabi nya at nataranta. Hindi ko na nagawang sumagot o patayin ang tawag. Nagmadali akong kuhanin ang gamit ko at tumakbo palabas ng kwarto.

"Jay! Baka madapa ka!" Sigaw ni Tita ng masalubong ko sya.

"Pasok na po ako sa school." Sagot ko sa kanya.

Dumiretso na ko sa labas ng bahay at andun nga si Yuri na nakasandal sa kotse nya. Ngumiti sya sakin at kumaway. Agad naman akong lumapit sa kanya.

"Sakay na! Baka malate tayo." Nakangiting bungad nya sakin.

"Opo. Eto na po."

Pinagbuksan nya ko ng pinto ng kotse. Sya na rin ang nagkabit ng seatbelt ko. Pakiramdam ko tuloy spoiled na ko sa kanya. Lagi

nalang nya kasing ginagawa yun. Nagsisimula na ata akong dumipende sa kanya at hindi maganda yun.

Mabilis syang pumunta sa driver's seat para paandarin ang kotse. Habang nagmamaneho sya, hindi ko maiwasan na hindi sya tignan.

Naiinlab ka na ba Jay?!

Ang asikaso kasi nya. Walang pinagbago kung panu nya ko asikasuhin. Pakiramdam ko nga mas maasikaso pa sya ngayon kesa noon. Ngayon kung kelan wala syang pinanghahawakan sakin.

"**Bakit ganyan ka makatitig sakin?**" Tanung nya na nagpabalik sakin sa reyalidad. "**...Naiinlab ka na sakin no?**"

Napangiwi ako. "**Eh?**"

Ngumiti sya ng matamis sakin. "**Sabihin mo sakin kapag na-i-inlove ka na ah?**"

"**Bakit ko naman gagawin yun?**"

"**Para mapahirapan kita. Ang lagay ako lang naghirap sa pagmamahalan natin? Dapat ikaw din.**"

Sinutok sya ng malakas sa braso dahilan para mapasigaw sya ng malakas. Agad nyang hinimas ang braso.

"***Itai! Itai! Itai!***" (Ouch! Ouch! Ouch!) Mangiyak-ngiyak na sabi nya.

Bakit nya kaya tinatawag ang Itay nya?

"***Sore wa totemo warui ga itai!***" (It hurts so bad!) Inis na sabi nya sakin.

Nagsalubong ang kilay ko at tinignan sya ng masama. Dinuro ko sya sa muka.

"**Tangina mo rin!**" Sigaw ko.

Mangiyak-ngiyak syang humarap sakin. "**I am not cursing you!**"

"Malay ko ba!"

Inis na hinawakan nya ang manibela at pinaandar ang kotse. Cross arm naman akong sumandal sa upuan at tumingin sa labas.

Habang nasa byahe hindi pa rin sya kumikibo. Mukang napikon sa lakas ng suntok ko sa kanya. May pagkakataong tumitingin ako sa kanya at nakikita kong ini-inda nya ang sakit.

Sumubra ata ang ginawa ko. Muli nyang hinimas ang braso at pasimpleng tumingin sakin. Pero agad din syang umiwas at nag-focus sa pag-d-drive.

Nakarating kami sa school na walang kibuan. Hindi ko na hinintay na pagbuksan nya ko. Ako na ang gumawa non para sa sarili ko. Mabilis akong naglakad papunta sa room.

Pagpasok sa classroom inaasahan ko na may pagkain pa rin ako sa lamesa pero wala akong nakita'ng kahit ano.

Langyang Felix to. Nakipag-ayos lang, tapos hindi na nagdala ng pagkain.

Inis kong hinarap si Felix pero busy sya sa pakikipag-usap sa mga kapwa nya Ulupong. Uupo na sana ako ng may iabot na sticky note si David sakin.

Taka ko syang tinignan pero kinuha ko din para basahin.

'*Jay,*
I enjoy our date. Sana magustuhan mo yung french toast at coffee.

—Felix'

Toast at coffee? Eh wala namang—agad kong nilingon si Ci-N. Hindi nya ko binati kagaya ng lagi nyang ginagawa. Yun ay dahil meron syang kinakain.

Unti-unti syang lumingon sakin ng maramdamang nakatitig ako sa kanya. Pinilit nyang ngumiti kahit puno'ng puno ang bibig nya ng pagkain.

Mukang sya ang nakakuha ng toast pero nakanino ang kape? Wala kay Ci-N dahil hindi naman sya nagkakape. Pero mukang hindi ko na kailangan pang hanapin. Malakas na paghigop ng kung anung inumin ang narinig ko mula kay David.

Nice! Mukang pinagtigisahan na.

May pag-*aahhh* pa sya matapos inumin yung kape na dapat ay para sa akin. Tinitigan ko sya ng masama para maramdaman nya ang inis ko sa kanya pero busy talaga sya sa iniinom at binabasa mula sa cellphone.

"**Nakakahiya naman don sa kumuha ng pagkain na para sa akin.**" Parinig ko sa kanilang dalawa ni Ci bago maupo.

Parang walang narinig yung dalawa. Patuloy pa rin sila sa ginagawa. Napapangiwi nalang ako at parang ang sarap nilang batukan parehas.

Napatingin ako sa pinto at nakita kong pumasok si Yuri. Tuloy-tuloy syang pumasok at hindi man lang lumingon sa gawi ko.

Aba matinde! Wala talagang pansinan.

Napairap nalang ako sa hangin. Alam ko namang kasalanan ko pero tama ba namang hindi ako tuluyang pansinin. Parang napaka-laki ng kasalanan ko.

Samantalang nung nasaktan ko sya hindi naman sya ganyan. Ang simple lang ng ginawa ko tapos nagka-ganyan sya ngayon. Anung trip nya?

Pasimple ko syang nilingon sa likod. Nakikipag-usap sya kay Rory pero seryoso'ng seryoso ang muka nya. Yung itsura nya tuloy noon kapareho nong unang beses ko syang makita.

Noong panahon na naging crush ko sya. Napailing ako at bumalik sa harap ang tingin. Sakto namang pasok ni Sir Alvin sa room para mag-klase.

"**Nagbago na pala ang schedule ng exam nyo. Katapusan ng March dapat yun pero naurong sa first week of April.**" Sabi ni

Sir.

"**Bakit naurong Sir?**" Tanung ni Eren.

"**Kasi hindi sumulong.**" Biglang sagot ni Ci-N at malakas ang naging tawanan nila.

"**Aba humirit si Pandak!**" Pang-aasar ni Josh.

Muli na namang nagtawanan ang mga Ulupong. Tinignan ko si Ci at ganun nalang ang salubong ng kilay nya.

Tumayo sya at dinuro si Josh. "**I will kill your Pussy!**" Galit na sigaw nya.

Sandaling katahimikan ang bumalot sa room kulang nalang magkaroon ng kuliglig. Hanggang sa bigla nalang silang magtawanan ng malakas. Meron pang gumulong sa sahig at napaiyak sa kakatawa. Pati ako natawa narin.

Si Sir din na nakikinig lang samin nakitawa na rin. Lalung sumibangot sa inis si Ci-N. Nagsisimula na ring mamula ang muka nya dahil sa kahihiyan.

"**Wag nyo nga ako tinatawanan!**" Sigaw nya habang pumapadyak.

"**Isipin mo kayang mabuti yung sinabi mo.**" Sabi ni Edrix habang pinupunasan ang mata.

"**Tama naman ah! Yung pusa ni Josh yung tinutukoy ko! Bakit ba kayo tumatawa?!**"

"**Tama na! Tama na! Maupo kana Mr. Peralta.**" Awat ni Sir.

Padabog na naupo si Ci habang naka-nguso. Muli akong humarap kay Sir para pakinggan ang sasabihin nya.

"**...Magiging First week ng April ang exam nyo. If I'm not mistaken meron din kayong two weeks vacation before the Post Final Exam. Lastly your graduation which will be on June.**" Dagdag nya.

Bakit ganern?! Ang gulo naman ng sched nila.

Palibhasa kasi August ang pasukan ng school na to. Wala pa naman akong natutunan sa mga nakaraang lesson. Ang totoo parang lagi naman atang wala.

Matapos ipaliwanag ni Sir ang ganap sa sinasabi nyang schedule bumalik na sya pagtuturo. Naging busy kasi sa mga lesson dahil kailangan daw maghabol ng topic.

Maging ang mga sumunod naming teacher naging focus din sa tinuturo. Maagang umalis ang huling teacher namin para sa umaga kaya maagang nakapag-luto si Eman.

Pero hindi pa rin ako kakain dito.

Naglakad na ko palabas ng room namin para dumiretso sa second floor. Kung saan ko laging hinihintay ang baliw kong Stepbrother.

Malapit na ko sa hagdan ng salubungin ako ni Calix. Nakapamulsa ang isang kamay nya samantalang nagkakamot naman ng pisngi ang isa. Nakayuko sya at parang nahihiyang humarap sakin.

"**Kelangan mo?**" Bored na tanong ko.

Sandali syang tumingin sakin bago muling yumuko. "**Nabasa mo....yung....sulat?**" Nahihiyang sagot nya.

Nag-cross arm ako at mataray syang tinignan. "**Oo.**"

Parang nabuhayan sya sa sinabi ko at nakangiting tumingin sakin. Para bang nagkaroon sya ng magandang pag-asa.

"**Anung desisyon mo?**"

Pinagtaasan ko sya ng kilay. "**Wala. Hindi naman ikaw nagsulat non.**"

"**Uy ako nagsulat non!**" Dipensa nya.

Sya nagsulat? Eh babaeng-babae yung sulat. Kulang nalang lagyan ng puso, bulaklak at unicorn para masabing pusong rainbow ang

nagsulat.

Uni-corn!

"**Bakla ka ba?**" Wala sa sariling tanong ko.

Mabilis na nagsalubong ang mga kilay nya. "**Ano?!**"

"**Sulat babae ka eh! Dinaig mo pa sulat ko. Nahiya yung penmanship ko.**"

Parang dinaanan ng bagyo ang sulat ko.

"**Sabi ni Mica gandahan ko daw sulat ko. Isa daw yun sa sikreto ng love letter—na totoo naman dahil maganda sulat nya.**"

"**Sumobra nga sa ganda—naging questionable naman kasarian mo.**" Bulong ko pero mukang narinig din naman nya.

"**Sana pala hindi ko na ginandahan.**" Kamot ulo nyang sabi.

Ginwapuhan nalang, ganern!

Sa totoo lang natatawa ako sa kanya. Malakas ang kutob kong nagpatulong pa sya kay Mica para lang magawa yung friendship letter-*daw* nya para sakin.

Sandaling katahimikan ang bumalot saming dalawa. Napatingin ako sa likod nya. Palapit si Percy na may dalang pagkain. Muli kong hinarap si Calix.

"**Salamat sa effort mo.**" Sabi ko at tinignan naman nya ko. "**...ma-pride ako pero hindi masama ang ugali ko—kagaya nyo.**" Napanguso sya. "**...hindi ko ipagdadamot ang hinihingi mong pagkakataon.**"

Matamis ang naging ngiti nya sakin. Akmang yayakapin nya ko pero agad ko syang dinuro sa muka.

"**S-sorry. Natuwa lang.**"

"**Pasalamat ka, naawa ako kay Mica.**" Sabi ko.

"**Okay lang kahit Nanay ko pa ang dahilan.**" Nakangiting sabi nya.

Napangiwi ako. "**Aba't matinde!**"

"**Basta binigyan mo ko ng pagkakataon. Ganun ka kahalaga sakin—bilang kaibigan, syempre.**"

Napapa-iling nalang ako dahil sa inaasta nya. Naglakad na sya pabalik sa room. Naiwan akong nakatingin lang sa kanya.

Ewan ko pero....kakaiba sa pakiramdam.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 236

A/N: Simula ngayon mag-Ud nalang ako kung kelan ko gusto. Nag-aalanganin kasi ako kapag may deadline na sinunod.

Thank you so much for this cover. @EccentesiastMan

Forgiveness

Aries's POV

Kasalukuyan kong pinag-mamasdan ang repleksyon ko sa loob ng elevator. Malaki daw ang pinagbago ko—sabi ni Ella nung huling usap namin.

Maybe because I keep coming back from the hospital. Kakalabas ko lang pero nakabalik na naman ako tapos lalabas na naman. Hinawakan ko ang parte ng tagiliran ko kung nasan ang peklat ko.

She saw my scar.

Pero mukang wala syang clue. Ni walang bahid ng takot o pag-aalala sa mga mata nya. Mukang hindi rin naman sya interesadong alamin pa dahil sa hindi nya pagtatanong.

Maybe she really don't remember or she just don't care at all. It was one of my nightmare that hunt me almost everynight. Ipinikit ko ang mata ko para alisin sa isip ko ang itsura nya.

Ang mga mata nyang walang buhay. Ang kamao nyang dumudugo

at isa naman ay nakasuntok sa salaming pader. Pati ang tunog ng mga bumagsak na piraso ng salamin. Kung panu sya pumulot ng malaking piraso ng bubog at gamitin yun panaksak....sakin.

Ang tunog ng bell ng elevator ang nagpabalik sakin sa kasalukuyan. Bumukas ang pinto non at agad akong lumabas.

Hindi ko na dapat isipin ang pangyayari na yon. Pero hindi ko mapigilan dahil tuwing nakikita ko si Jay-jay naalala ko kung panu nya idiin ang pagkakasaksak ng bubog sa ilalim ng dibdib ko.

Masakit. Nakakabaliw na sakit.

Dumiretso ako sa pinto ng opisina ni Kuya Angelo. Ang secretary nya ang sumalubong sakin. Nakangiti itong tumingin sakin bago tumayo.

"**Si Sir Angelo po ba?**" Tanung nya.

Nag-nod ako at pinindot nya ang isa sa buton sa intercom. Sinabi nya kay Kuya na andito ako.

"**Let him in.**" Dinig kong sagot ni Kuya.

Sinenyas sakin ng secretary nya ang pinto ng mismong opisina nya. Nagpasalamat ako bago pumasok sa pinto.

Gabundok na papel ang una ko napansin. Bukod sa executive table nya pati coffee table meron din. Pati mga sofa set meron din.

"**Why are you here?**" Maotoridad nyang tanung ng hindi tumitingin sakin.

Nag-cross arm ako at bahagyang lumapit sa kanya. Hindi ako pumasok sa panghapong klase ko para lang maka-usap sya. Buti nalang at wala syang meeting.

"**I just want to ask you something.**" Hindi sya kumibo halatang hinihintay ang sasabihin ko. "**...About the pictures.**"

Tumigil ang mga kamay nya sa ginagawa pero nanatili syang hindi nakatingin sakin.

"Bakit nasayo ang mga yon?"

Tinignan nya ko ng walang reaksyon pero bakas pa rin ang tapang sa mga mata nya.

Nakakatakot.

"It's very simple Aries. At alam kong yun din ang gagawin mo." Sagot nya at muling bumalik sa ginagawa.

Tama sya. Haharangin ko din ang mga yon kung makita ko. Malamang nakita ni Kuya ang laman non bago pa makarating kay Jay-jay.

"May ginawa ka na bang aksyon?" Muling tanong ko.

Hininto ulit nya ang ginagawa. He look at me seriously. Malalim ang naging buntong hininga nya bago tumayo at lumapit sa isang table kung saan nakapatong ang gamit nya.

Meron syang kinuha sa loob ng briefcase. Inabot nya sakin yun ng hindi lumalapit kaya napilitan akong kumilos para kuhanin yon.

Manila envelope?

Binuksan ko yun at tinignan ang laman. Mga picture at ilang pirasong papel.

"Ryosuke Sato. Only son of a very well known Yakuza family in Japan. Rival of Yuri." Sabi nya at sumandal sa lamesa habang nakapamulsa.

Tinignan ko ang mga litrato. Hindi ko pa sya nakikita kahit minsan.

"Kung si Yuri ang kaaway nya, bakit si Jay-jay ang pinapadalhan nya ng death threats?"

"Malamang alam nyang mahalaga si Jay-jay kay Yuri."

Kung tutuusin kasalanan pala nya ang bagay na to. Pero walang saysay kung sisihin ko sya. Tinignan ko ang ilang mga papel. Mga information tungkol kay Sato pero hindi ganun kahalaga para

makilala sya.

22 years old. May kaso sa Japan kaya nagtago sa Pilipinas. Sangkot sa patong-patong na kaso sa gambling sa ilang illegal casino.

Pero walang nakalagay kung panu nya nakaharap si Yuri. Masyadong kulang ang mga detalye. Kulang na kulang.

"**Do you have any plan?**" Tanung ko kay Kuya.

"**Sinubukan ko syang ipahanap sa mga koneksyon ko pero mautak ang taong yun.**"

Binalik ko ang mga papel at picture sa brown envelop at pabatong binaba yun sa lamesa. Napahilamos ako sa muka ko. Ang hirap ng ganitong wala kaming maisip gawin.

"**Nakausap ko si Yuri.**" Sabi ko at napatingin sya sakin. "**...sinabi ko sa kanya ang nakita ko.**"

"**Anung sabi nya?**"

"**Matagal na daw nyang alam ang bagay na yon. Sinusubukan nyang bantayan si Jay-jay sa abot ng makakaya nya.**"

"**But he can't be with Jay-jay all the time.**"

Tama sya. May mga pagkakataon na hindi sila magkakasama. Sa mga pagkakataon na yon pwedeng gumawa ng hakbang si Sato.

Nasabi na rin nya sakin na alam ng buong Section E ang nangyayari kaya tumutulong din sila. Pero hindi sapat yun, hindi sapat ang buong Section nila.

Kainis!

Hindi naman dapat ako na-mo-mroblema ng ganito, bakit kasi hindi ko maiwasan. Malalim na buntong hininga ang binitawan ko.

"**You look worried.**" Kuya Angelo said.

Napatingin ako sa kanya. Kakaiba ang mga tingin nya sakin. Para

bang meron syang ino-obserbahan sakin.

"**What?!**" Inis na tanong ko.

"**Your no longer mad at her?**"

Napaiwas ako bigla. Alam nyang ayokong pinag-uusapan ang bagay na yan. I cleared my throat few times but I still feel a tension inside me.

Umalis si Kuya sa pagkaka-sandal sa lamesa at naglakad-lakad sa harap ng glass window ng opisina nya.

"**You know Aries...**" He started. "**...I always take cared of you and Jay-jay—like your my own flesh and blood. I try my best to disciplined both of you and give your necessities...**" Niluwagan nya ang suot na necktie. "**...I try to do many things like a real father will do. Dahil ayokong maranasan nyo yung naramdaman ko—lumaking walang Ama.**"

Umiling ako. "**You never failed.**"

"**I did.**" Mabilis nyang sagot at ngumiti. "**...because if I don't, both of you will still love each other the same way you do before.**"

"**It's a different story.**"

"**Sinubukan ko kayong pag-ayusin pero naging matigas kayo pareho. Tell me Aries...what is the real reason of your hatred with Jay-jay?**"

Nagkuyom ang kamao ko. I knew he'll ask about it. I'm not sure if this is the right time but he will never stop asking.

I have to explain everything.

Unti-unti kong binuksan ang polo ko mula sa ibaba. Pagkatapos ay tinaas ko ang pang-loob kong tshirt para ipakita sa kanya ang peklat sa ibaba ng dibdib ko.

"**Anung meron sa peklat mo?**"

Huminga ako ng malalim. "**Sya ang...**" Napapikit ako. "**...sya ang sumaksak sakin.**"

Binitiwan ko ang dulo ng damit ko at unti-unting dumilat. Bakas ang pagkabigla sa mga mata ni Kuya.

I understand. Wala akong pinag-sabihan ng totoo'ng nangyari noon. Kahit sila Keifer, Yuri at Percy na kaibigan ko pa noon. Ang alam ng lahat nakuha ko to sa pagtangkang tumakas sa lalaki'ng kumidnap samin ni Jay-jay.

From my own father.

"**H-how?**"

"**Wala sya sa sarili. Ilang beses ko syang tinawag at pinaki-usapan pero hindi nya ko naririnig o pina-pakinggan.**"

Halatang naguluhan sya sa sinabi ko. Puno ng pagtataka at hindi maintindihan ang paliwanag ko.

"**I don't get it.**"

"**Wala sya sa sarili. Alam kong alam mo yung pangyayaring yon. Wala syang maalala sa kahit anung ginagawa nya.**"

He curse and hold the bridge of his nose. Alam kong matagal na nyang problema ang kalagayan ni Jay-jay na yon. Ayaw lang talaga magpadala nung isa sa doctor.

Natatakot daw kasi....baka takot malaman na baliw sya.

"**...because of him, marami akong hindi magawa ngayon. Kailangan laging naka-medication muna bago gumawa ng activity.**" Napabuntong hininga ako. "**...dahil sa kanya nagkaroon ako ng sakit.**"

"**You can't blame Jay-jay like that.**"

"**I have lot of reason to hate her.**"

Napailing sya. "**And she have lots of reason to get mad at you.**"

Natigilan ako. Naging malalim ang tingin sakin ni Kuya. Para bang sinasabi nya na mababaw ang dahilan ko.

"**...Ikaw ang Kuya nya, pero dahil sa dahilan mo—you let her feel fvcked! Ilang beses lumapit sakin si Jay-jay noon para itanung ang tungkol sayo pero hindi ko sya masagot...**" Nagsimulang magsalubong ang kilay nya. "**...Ilang taon mo sya'ng tiniis? She feels alone! And you're not there to comfort her.**"

Napaiwas ako ng tingin kasabay ng pag-yuko. *Mali ba ko?! Mali bang makaramdam ng galit sa lahat ng naranasan ko?!*

"**You let her suffer! Tell me Aries....hindi pa ba sapat na kabayaran yun sa sakit na binigay nya sayo?! Kailangan ka ng kapatid mo.**"

Sinubukan kong ibuka ang bibig ko para magsalita pero walang lumalabas na kahit na anung salita sakin.

"**Subukan mong ayusin ulit ang lahat sa inyo....bago mahuli ang lahat.**" Dagdag nya.

Kaya ko ba? Kaya ko bang ayusin ang meron samin. Buti sana kung ganun lang kadali yun. Pero hindi lang yun ang dahilan kung bakit ako nagagalit sa kanya.

Kaya ko bang kalimutan lahat ng galit ko sa kanya?

+ +

Jay-jay's POV

Oo! Gumanyan ka! May kalalagyan ka sakin!

Sige lang....wag ka mamansin.

"**Hoy! Anu?! Ganyan ka nalang?!**" Inis na sabi ko kay Yuri.

Tinignan nya ko sandali at tinalikuran na naman. Gusto'ng-gusto kong kutusan sya ng malakas-lakas. Natapos ang lunch at lahat-lahat hindi pa rin nya ko pinapansin.

Matapos ang unang subject namin sa tanghali ng magkaroon ng emergency meeting ang mga teacher. Nawalan kami ng klase pero isang oras lang.

Bigla nalang naglakad si Yuri papunta sa gilid ng building namin kung saan mapuno. Naupo sya sa bench na inupuan namin dati nung mangyari ang first kiss namin.

Iihhkkk... Memory!

Napailing ako para alisin sa ala-ala ko yun. Ayokong yun ang unang papasok sa isip ko tuwing mapupunta sa bench na to.

Pasipol-sipol akong sumunod sa kanya tapos ay padabog na naupo sa bench. Salubong ang kilay nyang tumingin sakin.

"**Kailangan mo?**" Walang gana nyang sabi.

"**W-wala. Naupo lang. Bakit? Kailangan ng dahilan para maupo at magpahangin.**"

Napataas ang isang kilay nya. "**Talaga lang ah?**"

"**Bakit? Akala mo nagpa-papansin ako sayo? Hindi no!**"

Oo. Sige. Lokohin mo sarili mo Jay.

"**Edi hindi.**" Bulong nya na narinig ko pa din.

"**Talagang hindi.**" Parinig ko.

Hindi na sya nagsalita pa at nanatiling nakaupo don. Narinig ko pa syang nagbuntong hininga bago tumayo at tangkang aalis na naman.

Mabilis kong hinablot ang dulo ng polo nya. "**Aano ka na naman?!**"

"**Lilipat ako ng tambayan. Nakakahiya sayo.**" Sabay hatak sa polo nya.

Ay wow!

Inis akong napatayo at tinignan sya ng masama.

"**Para kang tanga!**" Sigaw ko sa kanya.

Huminto sya at dahan-dahang humarap sakin. Salubong ang kilay nya at halatang nainis sa sinabi ko.

"**Ako pa ngayon ang parang Tanga?!**" Sigaw din nya sakin.

"**Hindi ba?! Lapit na ko ng lapit—layo ka naman ng layo!**"

"**Kasi nga naiinis ako sayo!**"

"**Yun lang?! Yun lang nainis ka na?! Ilang beses kitang nasuntok dati, ngayon ka lang nainis!**"

Nasabunutan nya bigla ang sarili. Napabuntong hininga din sya bago ako sagutin.

"**Sinusubukan ko din kung anong gagawin mo! Hinihintay kitang manuyo pero ikaw pa tong ma-pride.**"

"**Edi sorry!**"

"**Sorry mo pagalit! Ganyan ka ba talaga?! Minsan matuto ka namang magpa-kumbaba!**"

Aww...

Nagsalubong ang kilay ko pero hindi dahil galit ako. Hindi ko maiwasan na hindi sumang-ayon sa sinabi nya. Masyado na yatang mataas ang pride ko kaya kahit simpleng sorry na sincere hindi ko mabigay sa kanya.

Napayuko ako. Mabilis naman nyang naramdaman na tinamaan ako sa sinabi nya. Lumapit sya sakin at hinawakan ang balikat ko.

"**S-sorry. I didn't mean—.**"

"**Hindi. Okay lang.**" Putol ko sa sasabihin nya. "**...kung tutuusin tama ka talaga. Masyado ng mataas yung pride ko hindi na nakakatuwa.**" Hinawi ko ang kamay nyang nakahawak sa balikat

ko. "**...babalik na ko sa loob para hindi ka maistorbo.**"

Naglakad na ko palayo sa kanya. May ilang hakbang palang ang layo ko ng may biglang humawak sa braso ko. Hinawi ko ulit yun pero naging mahigpit ang hawak nya sakin.

"**Jay.... S-sorry.**" Sabi nya habang dahan-dahan akong inihaharap sa kanya. "**...Nag-papa-lambing lang talaga ako sayo. Wala akong ibang ibig sabihin don.**"

Nakayuko at pilit iniiwas ang tingin sa kanya. Hinawakan nya ang baba ko para pagtapatin ang mga mata namin pero naging mailap ako.

"**Jay-jay naman.**"

Dalawang kamay nya ang humawak sa muka ko para pilit iharap sa kanya. Nagtagumpay sya pero ipinikit ko naman ang mga mata ko.

"**Open your eyes.**" Utos nya.

Nanatili akong nakapikit.

"**Don't let me count.**"

Hindi ako nagsalita.

"**Jay-jay. Isa.**"

Sinubukan kong alisin ang mga kanay nya sa muka ko.

"**Ayaw mo talaga. Dalawa.**"

Diniinan ko pa ang pagpikit.

"**You'll regret this. Tatlo.**"

Segundo ang binilang ko bago sya kumilos. Bago nya napabukas ang mga mata ko sa pagkabigla. Pigil ang hininga ko at hindi nakagalaw.

Hinalikan nya ko.

Ayaw pang gumana ng mga kamay ko nung una pero nang tuluyan ng bumalik ang wisyo ko buong lakas ko syang tinulak.

Pareho kaming naghabol ng hangin ng tuluyang magkalayo. Pinunasan ko ang mga labi ko. Hindi ako makapaniwala. Sinamantala nya ang pagkakataon.

"**Y-yuri...**" Ang tanging lumabas sa bibig ko.

Gusto ko syang awayin at sumbatan. Mali to! May usapan na kami pero bakit nya ginawa.

"**Jay....I'm—.**"

"**Nice. Nawala lang si Keifer duma-moves kana.**"

Pareho kaming napatingin sa nagsalita. Nakapamulsa ang isang kamay at nakatingin samin ng masama si Edrix.

"**E-edrix...**" Tawag ko sa kanya.

"**Andyan na si Ma'am. Pumasok na kayo.**" Walang gana nyang sabi at tumalikod na samin.

Shit! Bakit ako kinakabahan ng ganito?

Sandali kong tinignan si Yuri bago maglakad pabalik. Halos habulin ko si Edrix na nauuna samin pero bago ko pa sya mapigilang makapasok ng room lumingon na sya sakin.

Seryoso syang nakatingin sakin. "**Kung ayos lang sana sayo....gusto ding manghingi ng time para ipaliwanag sayo ang side ko.**"

Napa-tango nalang ako ng di-oras. Tatalikod na sana sya ulit ng hawakan ko sya sa braso.

"**E-edrix... Yung s-sa nakita mo kanina—.**"

"**Wag na nating pag-usapan.**" Sagot nya sakin at tuluyan na syang tumalikod.

Hinayaan ko muna syang makapasok sa room. Nakaramdam ako ng presenya sa likod ko. Alam kong si Yuri yun kaya mabilis ko syang hinarap.

"**Bakit mo ginawa yun?!**" Inis na tanung ko.

Napayuko sya. "**S-sorry. Nadala lang.**"

Tatalikuran ko na sana sya ng muli syang magsalita.

"**...natatakot ka ba?**"

Walang kahit na anong emosyon sa tinig nya. Hindi nang-aakusa o nangungutya. Parang seryoso'ng seryoso pero walang galit.

"**A-anu—.**"

"**Natatakot ka ba na isumbong ka nya kay Keifer?**" Tuloy tuloy na sabi nya ng hindi tumitingin sakin.

N-natatakot?

Ewan ko pero andun nga yung pakiramdam na takot. Takot saan? Takot nga ba ako na makarating yun sa kanya.

Tumalikod ako sa kanya. Nalilito ako. "**H-hindi ko alam.**"

Mabilis ang bawat hakbang ko papasok sa room. Naupo ako agad at nakatingin lang naman sakin si Ci.

"**Okay ka lang?**" Tanung nya.

"**H-ha?**"

Tinitigan nya ko habang naka-kunot ang noo. Napalunok ako dahil sa tensyon na biglang naramdaman ko. Pilit kong iniiwas ang tingin ko hangang sa biglang.....

'***PPPRRRROOOUUUUTTTTTT***'

"*ANG BAHO!*"

"*Hayop! Sinong umutot?!*"

"*Putcha! Parang one year na hindi tumae ang Gago!*"

"*Nakaka-suka!*"

"*Pota! Parang lahat ng sama ng loob nilabas na!*"

"*I-cancel ang klase!*"

"**Si Jay-jay po yung umutot!**" Sigaw ni Ci habang nakaturo sakin.

Anak ng pota!

"**H-hindi po!**" Tanggi ko.

"**Seryoso? Ang baho! Kelan mo pa dinadala yan?**" Tanung ni David.

Mabilis ko syang tinignan ng masama. At naniniwala talaga sya sa sinabi ng Batang Kumag.

"**Anu ba yan Jay! Parang hindi ka babae!**" Inis na sabi ni Eman.

"**Gusto mo na yata kaming mamatay.**" Dagdag ni Felix.

"**Tama na yan. Langhapin nyo nalang para mawala agad.**" Awat ng teacher namin habang nagpa-paypay.

Bwisit naman!

Ako talaga iniisip nilang nagpakawala ng bomba. Napilitan akong magpaypay sa ere para mawala agad ang amoy. Napatingin kay Ci ng mapansin kong pasimple syang tumatawa.

Binatukan ko sya. "**Ikaw ang umutot!**"

Himas-himas ang batok nya gamit ang isang kamay habang naka-peace sign naman yung isa. Kainis naman eh!

Hayop makaturo ang Batang Kumag na to. Ang lagay ako pa ang agrabyado sa kalokohan nya. Samantalang muntik na kong malason sa kagagawan nya.

Nakaka-suffocate ang amoy ng utot nya. Parang sinakal yung baga

ko sa baho. Feeling ko nanuot ang amoy sa bawat atom sa parte ng katawan ko.

Napatigil ako sa pagpapa-paypay ng pumasok si Yuri sa room. Hindi nya ko tinapunan ng tingin. Tuloy-tuloy lang sya hangang sa maka-upo.

Bumalik na naman sa isip ko yung tanung nya. Natatakot nga ba ako?

Natatakot nga ba ako'ng malaman ni Keifer?

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 237

A/N: Happy Birthday kay @Xanya_WP.

Siblings

Jay-jay's POV

Tulala. Kulang nalang ata tumulo ang laway ko para masabing wala ako sa sarili. Well, lagi naman akong wala sa sarili pero iba yung ngayon.

Nakatulala ako sa kalendaryo. Almost two weeks na ng matapos ang birthday ni Ci. Ibig sabihin, birthday na ni Keifer ang kasunod.

February 28 na bukas tapos 29 ang Hari ng mga Ulupong.

Pero kahit isang tawag o text wala akong nare-receive galing sa kanya. Tapos yung GagongBaliw, dumadalang na rin sa pagtetext sakin. Lumiliit tuloy ang pag-asa ko na iisa lang sila ng Hari.

"Peste ka Keifer! Sakit mo sa gums."

Isusubo ko na sana ang natitirang Pepero stick na hawak ko pero pagtingin ko, wala na pala. Mukang nakain ko na ng hindi ko namamalayan. Tinignan ko yung bag ko pero wala na ring lamang pagkain.

Kung kelan feel kong mag-midnight snack tsaka pa nawalan ng chutchirya sa bag. Tinignan ko yung oras sa wall clock. 10:43PM na, tulog na siguro sila Kuya.

Dahan-dahan kong binuksan ang pinto ng kwarto ko. Sinilip ko sandali ang pinto ng kwarto ni Kuya. Sarado, wala ring ilaw sa paanan ng pinto. Ibig sabihin, tulog ang halimaw—este si Kuya Angelo.

Wag sana makarating kay Kuya ang salitang Halimaw.

Dahan-dahan din ang bawat hakbang ko. Daig ko pa magnanakaw. Pagdating sa hagdan mabilis akong naglakad papuntang kusina. Titignan ko kung meron akong pwedeng kainin.

Pagdating sa kusina. Boom! May Horoscope!

Sa araw na ito ay magugutom ka ng husto kaya kumain ka. Ma-swerteng kulay: putik. Ma-swerteng numero: bokya.

Salamat sa horoscope. Wala bang babala dyan?

Mukang naghahanap din ng pagkain si Aries. Panay ang silip nya sa mga container sa loob ng ref pero hindi sya masiyahan. Dumiretso sya ng tayo at malalim ang naging buntong hininga. Unti-unti syang humarap sa gawi ko bago isara ang pinto ng ref.

Mukang hindi nya ramdam ang presensya ko dahil patuloy sya sa paglakad palapit.

"**Aries.**"

"**What the!..**" Gulat na sabi nya. "**...Anu ka ba?! Bakit ka ba nang-gugulat?**"

Gusto kong matawa sa sinabi nya. Nagiging magugulatin na din kasi sya.

"**Hindi kita ginugulat. Tulala ka kasi.**"

Inis nya kong tinignan. "**Hindi ako tulala! Tignan mo kaya kung nasan ka.**"

Tinignan ko naman yung kinalalagyan ko. Nasa pinto ako ng kusina. Madilim at walang kahit na anung liwanag na pwedeng pang-galingan. Patay na rin kasi ang ilaw sa ibang bahagi ng kusina.

"**Sinong hindi magugulat nyan? A voice from the dark tapos hindi pa kita kung sino.**"

"**Sorry naman.**" Kamot ulo kong sabi.

Malalim na buntong hininga ang pinakawalan nya. Napakamot din sya sa ulo at parang pagod akong tinignan.

"What time is it? Why are you still up?"

"Midnight snack sana. May pagkain ba?"

Tumingin sya sa ref bago ako sagutin. **"Meron pero puro ulam."**

Ay... Ayoko non. Gusto ko kutkutin lang o kaya matamis.

"Ay..." Kamot ulong sabi ko. **"...sa labas nalang ako bibili."** Patalikod na dagdag ko.

Bago pa man ako makalayo isang kamay ang bumatak sa kwelyo ko sa batok. Para akong Tuta na binitbit sa ere.

"Anung sa labas? Let me remind you that someone wants you dead. Tapos lalabas ka?!" Iritang sabi nya.

"Edi mag-disguise ako."

Napataas ang isang kilay nya. Kulang nalang sabihin nya na '*Napakatalino mo dyan*' sa sarkastik na paraan.

Sinubukan kong kumawala sa pagkakahawak nya sa kwelyo ko pero lalu lang nyang hinigpitan.

"Sige na... May gusto lang talaga akong bilhin." Pakiki-usap ko.

"Gabi na."

"Owwwsss... Talaga ba?!" Kuwaring manghang sabi ko.

Binitiwan nya ang kwelyo ko pero malakas na kutos naman ang binigay nya sakin. Maluha-luha ako habang hinihimas ang ulo ko.

"Ang sakit naman ay!" Reklamo ko sa kanya.

"Yang tigas ng ulo mo na yan, tinablan ng sakit?"

"Ay baka tao rin po ako no?!" Sarkastik na sagot ko sa kanya.

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nya. Mabilis akong tumalikod at naglakad pabalik sa kwarto ko. Tuloy ang balak kong bumili sa labas. Hinalungkat ko ang hoodie jacket ko. Naghanap din ako ng pwedeng pangtakip sa muka.

Isang bonet ang nakita ko. Kahit amoy niluom na panahon na—wa pakels! Kailangan ko to. Kinuha ko rin ang shades na pagmamay-ari ni Ci-N pero naiwan nya dito ng minsan syang tumira dito.

Ayan! Muka nang tanga!

Napangiwi ako ng makita ko ang sarili ko sa salamin. Muka akong amerikano'ng bangag—bling bling nalang kulang. Ang dilim sa labas tapos shades? Ayos! Muka akong adik. Bonet? Nasa Baguio lang ang peg?

Inalis ko ang mga yon at hinagis sa kama. Disguise pa more. Inayos ko nalang ang hood para matakpan ang muka ko.

Okay na to kesa naman Amerikano'ng Bangag.

Binulsa ko na ang wallet at cellphone ko. Pagbukas ko ng pinto sa halip na mapahakbang ako pasulong, napahakbang ako paatras.

Nakabungad kasi sakin ang pagmumuka ng Horoscope. Naka-hood din ang mokong at wag ka! Same color kami.....Red!

"**Kamuka mo si Kokey.**" Sabi nya habang naka-cross arm.

"**Sino yun? Artista ba yon?**"

Ngumiti sya sakin sabay nod. "**It's an actor.**"

Uy may kamuka akong sikat! Nice! Nakaka-proud!

Napangiti naman ako ng matamis sabay hawi ng buhok ko papunta sa likod ng tenga. Pero ang pinagtataka ko sa kanya yung ngiti nya na parang nakakaloko.

Mataray ko syang tinignan. "**Bakit ka andito?**"

"**Edi sasamahan ka... Kesa hayaan kitang lumakad mag-isa.**"

Seryosong sagot nya.

Tinignan ko ang suot nya. "**Bakit naka-ganyan ka? Disguise din?**"

"**Tanga! Umaambon sa labas. Tinatamad akong magpayong.**" Sabi nya sabay talikod sakin.

Ang saya talaga kausap nito.

Minsan, feel ko nalang iuntog ang ulo nya sa pader. O kaya isasama ko sya sa mga kapwa nya Horoscope. Tropa kaya sila ni Taurus at Scorpion?

Padabog akong sumunod sa kanya pero napahinto ako ng maalalang tulog na si Kuya at baka magising pa. Nakatingkayad akong naglakad hangang sa makarating sa hagdan.

Wala sa sala ang hunghang kong kapatid kaya dumiretso na ko sa labas. Hawak nya ang bike ko habang nakatingin sa kung saan.

"**Tara.**" Aya nya ng hindi tumitingin sakin.

"**Aanhin mo yang bike ko?**"

"**Palalakarin.**" Walang kahit anung emosyong sagot nya.

Ay gudluck sa trip mo na yan.

Napangiwi ako sa kanya at umirap naman sya sakin.

"**Malamang gagamitin po nating service. Use your useless brain sometimes.**"

Hinampas ko sya ng malakas pero nagawang salagid yon ng siko. Ang ending? Ako ang nasaktan.

"**Tara na nga!**" Inis na aya ko at nagpa-una na ko sa kanya.

Dahan-dahan kong binuksan ang gate at sumilip sa labas. Tahimik na at halos tahol nalang ng mga aso sa malayo ang maririnig. Wala naman akong napapansin na tao o kotseng naka-parada sa malapit.

Lumingon ako sa likod ko at sakto namang palapit ang Horoscope.

Seryoso ang muka nya habang nakatingin sakin.

"**Ako unang lalabas.**" Sabi nya kaya bahagya akong umalis sa daanan nya.

Paglabas nya tumingin muna sya sa paligid. Kapareho ng ginawa ko kanina. Nang masigurong wala'ng kahina-hinala, dun lang nya nilabas ang bike at sinenyasan akong sumunod.

Sumakay sya sa bike at tinignan ako. Expected ko na pasasakayin nya ko pero bigla syang nagpidal palayo.

"**Sige. Start walking now.**" Walang buhay nyang sabi.

Ay pota neto...

"**Nakakahiya naman sakin. Bike ko yan.**" Iritang sabi ko.

Huminto naman sya at nilingon ako. "**Oo na. Sakay na.**"

Malapad ang naging ngiti ko at mabilis na lumapit sa kanya. Sa katawan ng bike ko balak umupo pero saktong pu-pwesto na ko ng mauntog ako sa baba nya.

"**Aray...**" Pabulong kong sabi at tinignan sya.

Nakatingin sya sakin ng masama habang hawak ang bibig at baba nya. Napangiwi ako.

"**Sabi ko nga... Sa likod na nga ako sakay.**" Napilitan akong pumwesto sa likod.

Ayoko pa naman dito dahil nakatayo lang ako habang nakatungtong ang dalawang paa sa bakal sa gilid ng gulong. Nag-aalangan din ako dahil baka pag-nag-preno sya masubsob kami pareho.

Alanganin kong hinawak ang dalawang kamay ko sa balikat nya. Segundo lang ang binilang at pina-andar na nya.

Weird sa pakiramdam nito. Ang saya na ang lungkot.

Ang saya ko kasi ganito din kami dati. Naka-angkas ako sa bike nya habang pinapasyal nya ko. Hindi ko alam na mauulit pa pala yung ganito.

Pero kasabay din non yung pakiramdam na malungkot ako. Alam ko kasing pag-natapos ang gabing to baka hindi na ulit maulit pa to.

Sa totoo lang, kanina ko pa iniisip ang inaasta nya sakin. Gusto ko syang tanungin pero natatakot ako na maulit yung nangyari sa kwarto nya'ng bigla nalang syang nagalit sakin.

Gusto kong malaman kung okay na kami. Gusto kong malaman kung napatawad na ba nya ko. Gusto kong malaman kung tanggap na nya ko bilang kapatid. Gusto kong malaman kung.....pwedeng ganito nalang kami.

Napatingin ako sa kamay ko n maramdaman ang ilang pagpatak ng tubig. Totoo nga ang sinasabi nya. Umaambon.

"**Sana hindi matuloy.**" Bulong ko.

Bahagya syang lumingon sakin. "**Ha?**"

"**Yung ulan... Sana hindi matuloy.**"

Huminto sya dahilan para muntik na kong masubsob sa kanya. Tumingala sya at pinakiramdaman ang langit. Ginawa ko din yon at don ko lang napansin na maliwanag ang buwan.

"**Hindi yan... Maliwanag ang buwan oh, may star pa.**"

*****Flashback....******

"***Uwi na tayo... Mukang uulan.***" *Sabi ko habang nakatingin sa langit.*

Merong mga bitwin at kita rin ang buwan pero ramdam ko na ang pagpatak ng ulan.

Tumingala din sya. "***Hindi yan... Maliwanag ang buwan oh, may star pa.***"

*****EndOfFlashback...******

Hindi ko na-i-alis ang tingin ko kay Aries kahit likod lang nya ang nakikita. Bumalik sya sa pagpidal at nasa kanya pa rin ang panginin ko.

Sa hindi ko maintindihan na dahilan kusang pumatak ang luha mula sa kanang mata ko. Ang ala-alang yon ang nagsasabi sakin kung panu ako naging masaya non kahit hindi ganun ka-kumpleto ang nakaraan ko sa isip ko.

Ngayon ako nagpapasalamat na hindi nawala ang masasaya'ng ala-ala ko sa kanya. Kahit hindi kompleto ayos lang. Basta alam kong naging masaya kami.

At kung pwede lang humiling....

Sana ganun nalang kami ulit. Sana kapareho nalang kami ng dati. Walang kahit anong problema'ng iniisip. Pagmagkasama kami, parang kami lang ang tao at ang buong mundo ang playground namin.

Ang kaninang isang patak na luha, ngayon nadagdagan na. Nag-uunahan sa pagbagsak. Naiinis ako kasi hindi ko naman hiniling na umiyak pero eto na naman.

Hindi ko mapigilan. Ang pinag-kaiba lang hindi dahil nasasaktan ako. Kundi dahil meron akong hinihiling na alam kong imposibleng matupad.

Please.... Gusto ko ulit makasama si Aries na kagaya ng dati. Gusto ko ulit na masaya kami. Gusto ko ulit non. Nami-miss ko ang panahon na yon. Nami-miss ko yong ginagawa namin. *Nami-miss ko ang Kuya ko.*

Pilit akong hindi gumagawa ng ingay. Ayokong marinig nya ang paghikbi ko. Nang matanaw ko na ang Mini Mart, pilit kong huminga ng malalim at punasan ang mga luha ko. Inayos ko din ang hood ko para hindi nya makita ang muka ko.

Paghinto nya sa tapat ng Mini Mart nauna na kong bumaba sa kanya.

"**Takaw talaga.**" Parinig nya.

Pagpasok ko sa loob, sinenyasan ako ng clerk na ibaba ang hood ko. Bawal daw kasi.

Muka ba kong holdaper?

No choice ako kundi ang ibaba ang hood at padabog na lumapit sa mga pagkain. Pinunasan ko nalang ulit ang mata ko at sana lang hindi mahalata ang pamumula.

Kainis! Bakit ko ba kasi iniyakan yung Horoscope na yon? Kumuha muna ko ng mga chutchirya bago lumapit sa drinks. 1.5 litter na softdrinks ang kinuha ko. Akin lang to!

"**Put it back!**" Inis na sabi ni Aries na palapit sakin.

Bahagya akong yumuko at iniwas ang mata sa kanya. "**Eto gusto ko! Tsaka ako naman magbabayad!**"

Inagaw nya sakin yung softdrinks at binalik sa loob ng malaking refrigerator.

"**Kaya walang laman ang utak mo, puro unhealthy food kinakain mo.**" Sermon nya at binalingan naman ang hawak kong chutchirya.

May laman kaya utak ko—pagkain!

"**Eto nga gusto ko!**" Inis na sabi ko habang pilit inaagaw yung mga chutchirya.

Walang awa nyang pinitik ang kamay ko kaya napabitaw ako. Mabilis nyang binalik sa shelves ang mga yun. Nakasimangot akong nakasunod sa kanya.

Lumipat sya sa kabilang shelves. "**You should eat food like this.**" Sabay kuha ng loaf bread.

"**May ganyan kaya tayo sa bahay.**"

Tinignan nya ang hawak na tinapay. "**Wala na. I ate it this morning.**"

Ay wow! Mukang may tinatagong katakawan.

"**Mabubusog ako dyan?**" Iritang tanong ko.

"**Malamang! Lahat naman ng pagkain nakakabusog!**"

Kainis naman! Ayoko nga kasi nyan. Napilitan akong maningin ng mga biskwit. Pati pre-heated food pinagdiskitahan ko na rin. Pati yogurt na hindi ko naman nagustuhan ang lasa—napag-initan ko na rin.

Lumapit ako sa kanya na halos mapuno ang mga braso ko sa mga dala. Naka-liyad na rin ako habang yakap-yakap ang mga pagkain.

"**Ikaw magbayad nito.**" Sabi ko sa kanya.

Inirapan nya ko. "**Oo na.**" Mabilis nyang kinuha ang mga gustong bilhin bago ako muling harapin. "**...nakakahiya sa dami ng kinuha mo, baka kulang pa yan.**"

Magkasunod kaming lumapit sa cashier. Habang isa-isang tinatapatan ng barcode reader yung mga binili namin, pasimple akong umatras at bumalik sa mga shelves. Kumuha ako ng chutchirya.

Tinago ko yun sa likod ko at ng malapit ng matapos si kahera, binaba ko sa harap nya lahat. Halos sabay pa sila na Aries na napa-igtad sa gulat.

"**Kasama po to!**"

Matalim ang naging tingin sakin ng horoscope. "**Tigas talaga ng ulo.**"

Nag-tantalizing eyes naman ako sa kanya para magpa-cute na mukang lalu nyang kina-inis. Natatawa nalang ako.

Hindi ka mananalo sa tigas ng ulo ko.

Tatlong plastic bag ang dala namin paglabas ng Mini Mart. Nakasimangot ang Horoscope at parang binagsakan ng langit. Umabot kasi ng 1000+ ang binayaran sa lahat ng binili namin—

pero parang sakin lang lahat.

"**Saya mo no?**" Sarcastic na sabi nya.

Hindi kasi mawala ang ngiti ko habang humihigop sa straw ng probiotic milk na hawak ko.

"**Food is life.**"

Lumapit sya sa bike at tinaas ang stand non. Dahan-dahan nyang tinulak yon gamit ang isang kamay. Nasa isang kamay nya yung isang plastic bag. Nasa akin yung dalawa na parehong akin din yung mga laman.

"**Maglalakad lang tayo?**" Tanung ko.

Tinaas nya ang plastic bag na hawak. "**Makakapag-drive ako sa dala natin?**"

"**Sabi ko nga... Lalakad na nga.**" Binilisan ko ang lakad para makasabay sa kanya.

Naging tahimik kami nung una habang nakatingin sa daan. Pinili kong wag na magsalita kahit natatakot ako sa katahimikan nya.

Yung mga laman tuloy ng plastic ang napag-diskitahan ko. Binuksan ko yung cheese bread at inumpisahang kainin yon.

"**Are you pregnant?**" Basag nya sa katahimikan na nagpasamid sakin.

Muntik ko pang mailuwa yung kinain ko. "**Tado! Saan mo naman nakuha yan?!**" Inis ko syang tinignan.

"**Simula kasi ng mapunta ka sa Section E, naging matakaw ka na. Tapos ngayon parang doble pa. Nagtimbang ka na ba?**"

Tinignan ko yung sarili ko. Hindi naman ako katabaan. Medyo sumisikip ang mga damit ko pero hindi naman problema yun.

"**Wagas kasi magpakain si Percy. Parang bibitayin na ko sa dami.**" Paliwanag ko na totoo naman.

Kapag sinabi ko na gusto ko ng ganito'ng pagkain, bili naman sya agad. Nagiging spoiled na nga yata ako sa kanya.

Biglang nag-iba ang itsura nya at parang hindi nagustuhan ang sinabi ko. Binalik nya ang tingin sa harap at nagpatuloy sa paglalakad.

Mukang hindi pa rin sila nag-uusap.

"**A-alam mo bang...**" Panimula ko pero hindi pa rin sya tumitingin sakin. "**...galit na galit si Percy kay Yuri.**"

Malalim ang naging buntong hininga nya. "**At galit na galit din ako sa kanila.**"

Huminto ako sa paglalakad at nanatiling nakatingin sa kanya.

"**At galit na galit ka din sakin.**"

Napahinto sya at parang palaso ang mga salitang binitawan ko na tumama sa likod nya. Hindi sya lumingon sakin at kita ko ang unti-unti nyang pagyuko.

"**Bakit nga ba Aries? Bakit? Anung ginawa ko sayo para magalit ka sakin at itago mong kapatid kita?**"

Segundo, minuto na umabot pa yata ng 10. Wala syang naging sagot hangang sa unti-unti nyang hinakbang palayo ang mga paa.

"**Let's go home. It's dangerous for you to stay outside.**"

Nakagat ko ang ibabang labi ko. Naiinis ako sa sarili ko. Hindi na dapat ako nagsalita. Anu bang dapat kong asahan.

Tuluyan ng walang nagsalita samin. Halos nasa tapat na kami ng gate ng bahay ng huminto sya. Huminto din ako may ilang dipa ang layo sa kanya.

"**Jay...**" Tawag nya sakin at unti-unti nya kong hinarap. "**...bigyan mo ko ng oras.**"

Ay wala akong relo.

Taka ko syang tinignan. Hindi ko maintindihan ang oras na sinasabi nya.

"**...bigyan mo ko ng oras para isipin ang mga nangyari...**" Ngumiti sya sakin. "**...babawi si Kuya sayo.**"

Kusang gumalaw ang mga labi ko at napangiti na rin. Akmang tatakbo ako palapit sa kanya ng makarinig kami ng tunog ng humaharurot na sasakyan.

Mula yon sa likod ko kaya naman nilingon ko at ganun nalang ang takot ko ng makita kong palapit yon sakin. Nanigas ang mga binti ko kasabay ng malakas na pagtibok ng puso ko.

JAY-JAY! GUMALAW KA!

Huli na para umilag ako. Naipikit ko nalang ang mga mata ko at hinintay ang pagtama ko sa kotse pero hindi yon ang naramdaman ko.

Dalawang bisig ang yumakap sakin at kasabay non ang pagtilapon namin sa gilid ng daan. Mahigpit ang yakap sakin at halos hindi ako nakagalaw.

Pagdilat ko, ang likod nalang ng tumatakbong kotse ang nakita ko kasunod ang tumatakbong si Kuya Angelo.

Nabibingi ako, wala akong marinig dahil sa lakas ng tibok ng puso ko. Tanging ugong ng matinis na tunog ang nangingibabaw sa tenga ko.

Bakit ganito?

Kaharap ko si Aries, meron syang sinisigaw sa mismong muka ko pero hindi ko marinig ang sinasabi nya. Hangang sa unti-unti'ng lumilinaw sakin ang nangyayari.

"**Damn it! Answer me!**" Sabi ni Aries. "**...Jay! Anung masakit sayo!**"

Dahan-dahan akong umiling. "**W-wala... O-okay lang a-ako.**"

Bigla nalang nya kong sinubsob sa dibdib nya. Malalim ang paghinga nya at dinig ko din ang malakas na tibok ng puso nya.

"**Damn it! Muntik ka na don.**"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 238

Birthday Wish

Jay-jay's POV

"Tama ang Kuya Angelo mo Jay." Sabi ni Tita. **"...Wag ka muna siguro'ng pumasok."**

"Kasi Tita..." *Balak ng mg Ulupong na magpadala ng video message sa Hari nila.* **"...baka po kasi."**

"Muntik ka na kagabi. Buti nalang at andon si Aries."

Napayuko ako, pareho kami ni Aries na hindi pinapasok ni Kuya Angelo. Alam pala nya na lumabas kami kagabi at yung nakita kong pagtakbo nya kasunod ng kotse-nangyari pala talaga.

Sinubukan ni Kuya na habulin yung kotse pero masyado'ng mabilis ang takbo. Idagdag pang wala'ng plaka.

"Wag ka na makulit. Magpahinga ka na." Dagdag pa ni Tita.

Hinalikan nya ko sa ulo bago tumayo at lumabas ng kwarto. Agad kong hinanap ang cellphone ko para itext si Ci-N.

To: *BatangKumag*
Message: *Hnd aq ppsok. My nangyri kc.*
(Hindi ako papasok. May nangyari kasi.)

Segundo lang ang hinintay ko at sinagot kagad nya ang text ko.

From: *BatangKumag*
Message: *Anung nangyari? Bkt may nangyri? Kanino nangyri?*

Napangiwi ako. Naiimagine ko ang itsura nya habang tinatanung sakin yun. Nanlalaki ang mata at parang excited malaman ang sagot ko.

Nakarinig ako ng katok sa pinto at dahan-dahang bumakas yon.

Muka ni Aries ang bumungad sakin.

"**Okay ka lang?**" Tanung nya.

Nag-nod ako. "**Ikaw? Okay ka lang?**"

Pumasok sya at lumapit sakin. Pinilit nyang ngumiti.

"**Okay lang din.**"

"**Pwede mo na bang ibigay ang kapalaran ko for today?**" Inosenteng tanong ko at malakas na pitik sa noo ang nagpabagsak sakin.

"**Aagghhh! Ang sakit!**" Sigaw ko habang naka-hawak sa noo at nagpapa-gulong-gulong sa kama. "**Paking shit! Aray!**"

"**Puro ka kalokohan! You almost died last night and you still think like that!**" Inis na sabi nya.

Mangiyak-ngiyak ako habang tinitignan ang noo ko sa salamin. Namumula at parang may bukol. Feeling ko sing-tigas ng bato ang kuko nitong kapatid ko dahil sa sakit.

Pati yata kaluluwa ko nasaktan.

"**Sakit...**" Bulong ko. "**...ang sakit.**"

"**O.A. mo naman.**" Iritang sabi nya at lumapit sakin. "**...patingin ako.**"

Inis ko syang hinarap. "**Oh ayan! Tignan mo!**" Halos ingudngod ko yung noo ko sa kanya.

Panibagong pitik na naman ang binigay na naman nya sakin. Halos lumumpasay na ko sa sahig dahil sa sakit.

Narinig ko ang malakas nyang pagtawa habang naglalakad palabas ng ng kwarto ko. At talagang maligaya pa sya sa dinaranas kong sakit.

Pero sa hindi ko maintindihan na dahilan. May kumikiliti sa puso

ko. Napangiti ako at padapang bumagsak sa kama ko.

Eto na ba yun? Ganito ba yung pakiramdam na ayos na kayo ng kapatid mo?

Kinuha ko ulit ang cellphone ko at sa pagkakataon na to si Percy naman ang tinext ko.

To: *Percing*
Message: *ui! ui! Twg ka! My sasbhin aq!*
(uy! Uy! Tawag ka! May sasabihin ako!)

Nakangiti ako habang hinihintay ang sagot nya. Inabot din ng ilang minuto yun at muntik ko pang ipadala yung text ulit.

From: *Percing*
Message: *eeww... Poor! Walang pantwag.*

Agad na nagsalubong ang kilay ko. Kundi hindi ba naman kasi. Pinapatawag ko sya para ibalita yung mga pangyayari sakin tapos eto pa sasabihin nya.

Bwisit kang blue eyes ka! Gagawin kong black yan.

To: *Percing*
Message: *buset! Gwin mo nlang!*

Hindi din naman nagtagal at ginawa din nya ang inu-utos ko. Mabilis kong sinagot ang tawag nya.

["*Yes? Hello?*"] Maarteng bungad nya sakin.

"Buset! Anung sinasabi mong poor ako?!"

["*Sana kasi ikaw nalang tumawag sakin.*"]

"Baka wala akong pantawag no?" Sarcastic na sagot ko.

["*Edi poor ka nga. Ikaw na ngayon si Jay-jay the Poorita girl.*"] Sabi nya at tumawa ng malakas.

Sira-ulo talaga.

"Baliw ka! May sasabihin ako sayo."

["*And... What is that kabayong bundat?*"]

Napangiwi ako sabay ng pagtingin sa cellphone ko bago ibalik yun sa tenga ko at kausapin sya.

"Okay na kami ni Aries!" Buong galak kong sabi.

["*Oh? Hindi nga?*"]

"Oo nga... Yata?"

["*Bakit may 'yata'? Hindi ka sure? Anu ba yan!*"]

"Baka kasi biglang topakin."

["*Ganito gawin mo...*"] Sabi nya na parang nagbibigay ng instruction sa bata. **["*...puntahan mo sya. Hawakan mo sa noo, kapag may mainit-syempre may sakit-kaya sya nakikipag-usap sayo.*"]**

Napairap ako kasabay ng pagsampal sa noo ko. Mababaliw ako sa lalaking to. Tama ba namang sabihin yun. Grabe! Lumakas loob ko don mga 0.01%.

"Eh panu kung walang sakit?"

["*Good news! Baka talagang nakikipag-bati na sya sayo.*"]

Kinagat ko ang ibabang labi ko. Walang sakit yun, aning lang talaga tong si Percy. Nakaka-kaba lang kasi.

Panu kung bukas o kaya mamaya magkagalit na naman kami. Panu kung kaya lang nya ko kinausap dahil utos ni Kuya-imposible dahil mahirap pilitin yun.

Panu kung dahil...

"May nagtatangka sa buhay ko." Wala sa sarili kong sabi.

["*Ano?!*"] Biglang sabi ni Percy na nagpabalik sakin.

Dun ko lang din naalala na hindi ko pa pala nasabi sa kanya yung mga nakita at nangyari.

"Percy... Naalala mo yung sinabi nung naka-away nila Keifer dati. Yung nagsabi na may gusto'ng pumatay sakin?"

["*Oo. Bak-shit! Don't tell me-.*"]

"May nagpapadala sakin ng death threats tapos.... K-kagabi, may gustong sumagasa sakin."

["*What the.... Alam ba ng mga kaklase mo to? Ni Yuri? Ni Keifer?*"] Nag-aalalang tanong nya.

"H-hindi ko alam."

Malalim ang naging buntong hininga nya. **["*Kakausapin ko ang Kuya Angelo mo. I have to go.*"]**

Hindi na nya hinintay ang sagot ko. Pinatay na kagad nya ang tawag. Napayakap ako sa mga tuhod ko.

Kung anu-anu na naman kasi ang naglalaro sa isip ko. Panu nga kung nakipag-usap lang sakin si Aries dahil akala nya....

Akala nya katapusan ko na.

Nakakainis! Bakit kailangan ganun? Hindi ba pwedeng makipag-bati sya dahil gusto nya, dahil nami-miss din nya ko, dahil gusto talaga nyang bumawi sakin.

Kailangan talaga may magtangka muna sakin. Kailangan talaga, isipin nya na mamatay na ko. Kailangan talaga ng ganun.

Kaasar.

Hindi ko na kaya ang ganito. Mabilis akong tumayo at naglakad palabas. Dumiretso kagad ako sa kwarto nya pero wala sya don kaya naglakad ako papunta ng sala.

Wala rin sya don. Balak ko sanang pumunta ng kusina ng may mapansin ako sa labas. Nakatayo ang Aries at parang merong

tinitignan sa mga kamay nya.

Nilapitan ko sya at ganun nalang ang gulat ko ng makitang may hawak syang litrato. Mabilis kong inagaw sa kanya yun.

Kaming dalawa ang nasa picture na yon. Naka-upo sa daan habang hawak ni Aries ang pisngi ko at parang merong sinasabi. Hindi ako pwedeng magkamali, eto yung eksena namin kagabi.

"**They're closer than I thought.**" Dinig kong sabi nya.

Hindi pa ko nagsasalita ng bigla syang lumapit sa gate at sinara yun. Mabilis din ang bawat hakbang nya papunta sa loob ng bahay. Sumunod din naman ako agad.

"**Manang! Make sure na titignan nyo munang mabuti kung sino ang tao sa labas bago pagbuksan! Wag kayong magpapa-pasok basta!**" Sigaw nya sa mga maid nila.

Nanatali akong nakatayo sa pinto habang hawak ang litrato. Nanginginig ang mga kamay ko.

Nagsisimula na naman akong matakot. Bakit ngayon pa nangyari to kung kelan wala sya? Bakit ngayon kung kelan pakiramdam ko mag-isa lang ako? Bakit ngayon kung kelan naduduwag ako?

Pero ako si Jay-jay...kung hindi dapat ako matakot.

Wala akong maalala na may inurungan akong laban. Wala akong inatrasan. Babae man o lalaki ang kalaban ko. Kung tutuusin, hindi naman ako dapat matakot dito. Nagbabanta lang sya at hangang doon lang ang kaya nya.

"**Hudlong ka. Hindi mo ko matatakot.**" Bulong ko at nilukot ang litrato.

Mabilis akong naglakad pabalik sa kwarto ko at naligo. Nag-ayos ako at nagbihis ng uniform. Papasok ako sa school, hindi ako magpapasindak sa kagaya nya.

Inaayos ko ang laman ng bag ko ng biglang tumunog ang cellphone ko. Kinuha ko yun at tinignan. May tumatawag na unknown

number.

Mahigpit ang naging hawak ko sa phone ko. Nanginginig pa ang daliri ko ng pindutin ko ang answer button.

"**H-hello?**" Bungad ko sa caller.

["*Jay-jay? Si Eren to!*"] Malakas na sagot nya.

Nangunot ang noo ko ng may marinig akong ingay mula sa side nya. Para bang nagkakagulo at nag-aaway-away.

"**A-anu bang... Bakit ang ingay?**"

["*Jay! Kailangan namin tulong ng Kuya mo!*"]

"**Ha?! Anu bang nangya-Hello?! Hello!**" Bigla nalang nawala ang ingay.

Nang tignan ko ay tapos na ang tawag. Dinampot ko ang bag ko at dali-daling tumakbo. Buti nalang at wala si Aries sa sala. Kinuha ko ang bike ko at ginamit yun para mabilis na makarating sa school.

Tagaktak ang pawis ko dahil sa bilis kong magpatakbo. Kailangan kong makarating don agad. Nasa gate pa lang ako ng may makita akong malalaking sasakyan na ginagamit sa construction.

Hindi kaya... Wag naman!

Taranta akong lumapit sa building namin. Ang daming tao na nagkakagulo, may mga istudyanteng nakiki-usyoso at si Guidance Councilor na nakikipag-away sa mga Ulupong.

Pinilit kong makipag-siksikan sa mga tao para makalapit.

"**Hindi nyo nga pwedeng galawin yan!**" Dinig kong sigaw ni Felix.

"**Naglabas na nang order ang board! Kailangan linisin ang mga kalat dito!**" Sabi ng Guidance Councilor.

"**Baka ho pwedeng sa susunod na araw nalang?! Kami nalang**

po ang magtatanggal ng mga natitirang kalat!" Paki-usap ni Yuri.

Tinignan ko yung paligid. Wala na yung mga tambak na lumang table at bangko. Wala na rin yung ibang basura. Nang tignan ko ang mga Ulupong, nakaharang sila sa hagdan papuntang second floor.

"Hindi pwede! Next week na sisimulan ang demolition! Gahol na sa oras!"

"Hintayin nyo'ng makabalik si Keifer! Sya ang kausapin nyo tungkol dito!" Galit na dagdag ni Rory.

"Bakit pa namin sya hihintayin?! May schedule kaming sinusunod!"

"Kung idi-dimolish nyo tong building saan kami magro-room?!" Inis na tanong ni Mayo.

"Sa open auditorium!"

"Ano?! Sira-ulo ba kayo?" Pabalang na sagot ni Edrix.

Pinandilatan sya ng mata ng Councilor. **"How dare you talk to me like that?! Wala kayong respeto!"**

"Bakit kayo?! Nire-respeto nyo ba kami?!" Si Blaster.

Pinilit kong makarating sa gitna nila. Baka kasi atakihin sa puso yung matanda.

"Ma'am! Ma'am!" Singit ko habang naka-taas ang dalawang kamay ko. **"...nakiki-usap po ako. Bigyan nyo po kami ng oras, aayusin po namin to."**

"Miss Mariano, wala na kaming oras na pwedeng ibigay sa inyo! May schedule ng binaba ang broad at yun lang ang dapat sundin."

"Nakiki-usap po ako Ma'am. H-hangang bukas! Aayusin namin to, hangang bukas!" Paki-usap ko at halos lumuhod na ko.

Tinignan ako ng councilor at ang mga Ulupong. Matalim na irap pa ang binigay nya samin.

"**Hangang bukas Miss Mariano!**" Sabi nya sabay duro sakin.

Tumalikod sya at naglakad paalis. Kasunod nya ang mga trabahador na may hard helmet pang suot. Maging mga istudyanteng nakiki-usyoso umalis na din.

Hinarap ko ang mga Ulupong. Salubong pa rin ang mga kilay nila.

"**Pumasok muna tayo sa room. Kailangan nating pag-usapan-.**" Hindi na natapos ni Yuri ang sasabihin dahil sa biglang pagtalikod ng mga Ulupong.

Tinignan ako ni Yuri at nagpilit ng ngiti. Inakbayan nya ko at naglakad papunta sa room. Pagpasok namin sa loob, panay ang paypay ni sa mga sarili. Hindi umaandar ang nag-iisang ceiling fan. Medyo madilim din dahil sa patay ang nag-iisang ilaw.

"**Wala ng kuryente. Pinutol nila yung linya.**" Malungkot na sabi ni Ci-N.

Bagsak ang balikat nila habang parang binagsakan ng langit yung iba. Parang mga naluge at wala ng pag-asa.

"**Anung balak? Hayaan silang sirain yung kwarto sa taas?**" Inis na tanung ni Drew.

"**H-hindi!**" Mabilis na sagot ko.

"**Eh anu ngang gagawin natin?**"

Napayuko ako. Ayoko mang sabihin at aminin sa sarili ko. Hindi na talaga kami pwedeng magstay sa building na to.

"**Hindi ba tayo pwedeng mang-hingi ng tulong sa Kuya mo?**" Tanung ni Eren.

Hindi ko pa nasusubukan pero pakiramdam ko hindi rin nya kami matutulungan.

"**Sa tingin ko h-hindi. Hirap na din kasi si Kuya sa mga problema nila, ayoko ng maki-dagdag pa.**"

"**Edi hahayaan nalang natin? Ganun ba?**" Inis na tanung ni Felix.

"**Like we have a choice.**" Sagot ni David.

Mabilis na tumayo si Felix at naghalungkat ng mga gamit sa likod. Nanguha sya ng box at naglakad palabas ng room. Sumunod si Yuri, Rory at Edrix sa kanya.

Nagkatinginan kami ni Ci-N bago maglakad para sundan sila. Sa second floor ang punta nila. Tumakbo ako, para abutan sila at ganun nalang ang pag-aalala ko ng makitang sinisira nila ang doorknob nung pinto ng huling kwarto.

Yung picture room.

"**Felix...**" Tawag ko sa kanya na may halong paki-usap.

Hindi nya ko pinansin. Hangang sa tuluyan na nyang masira ang doorknob at buong lakas nyang binuksan yung pinto. Sunod-sunod kaming pumasok sa loob.

Isa-isa nyang tinangal ang mga litrato sa pader at diretso yon sa loob ng box. Nanghihina ako habang pinagmamasdan sya. Kusang gumalaw ang mga paa ko para lapitan sya at tulungang tanggalin ang mga tinatanggal nya.

Hindi ko maiwasan na hindi masdan ang mga muka sa litrato. Ang saya nila tignan kahit may mga benda at band-aid sa muka. Meron mga seryoso ang muka, merong mga hindi nakatingin, merong parang nagulat at halatang walang paki-alam.

Napatigil ako ng makita ko ang nag-iisang picture ni Kuya. Aksidente akong napatingin sa likod non at may nakita akong sulat.

"*Myki,*
Ang hirap mong kuhanan ng picture pero gwapo ka pa din kahit anung anggulo.

-Ion"

Mukang merong kaibigan si Kuya na Ion ang pangalan. Maganda ang sulat nya at parang babae pero ayoko namang mag-assume dahil naloko na ko ng sulat kamay ni Calix.

Nilagay ko ang litrato sa kahon. Inabot din kami ng ilang minuto bago matapos. Ako na ang nagdala ng box pabalik ng room. Lalung bumigat ang pakiramdam ko ng makita kong inaayos nila ang mga gamit sa likod.

"**Eto na talaga, aalis na tayo sa building na to?**" Malungkot na sabi ni Denzel.

Dahan-dahan akong nag-nod. Napatingin kami kay Ci-N ng marinig namin syang humihikbi.

"**Pangalawang bahay ko na to eh.**" Sabi nya. "**Dito ako sumasaya sa kahit may problema ako sa bahay.**"

At dito rin ako naging masaya.

Pinili naming tapusin lahat ng aayusin. Naghakot kami na parang maglilipat ng bahay. Pati mga basura sa harap ng room namin inayos din namin para sa mga maghahakot bukas.

Inabot na kami ng dilim bago matapos. Si David at Ci-N na ang naghatid sakin pauwi dahil si Yuri naman ang tumulong kay Eman.

"**Salamat sa paghatid.**" Walang buhay kong sabi sa kanila.

"**Magiging okay din ang lahat diba?**" Tanung ni Ci-N.

Yan din ang tanong ko sa sarili ko.

Gusto kong sabihin yon sa kanya pero ayoko namang tanggalan ng pag-asa ang batang kumag na to.

Nag-nod ako sa kanya sabay pilit ng ngiti. Hinintay muna nila akong makapasok bago umalis.

Parang pagod na pagod ang katawan ko na hindi ko maintindihan. *Natalo kami... Natalo ang Section E.* Pakiramdam ko napakahina namin at naging walang kwenta.

Para kami inutil na kulang ng isang parte. Masakit mang aminin pero simula ng mawala si Keifer, parang nawalan kami ng isang paa. Pinagkaka-isahan kami ng school.

Dati ilag sila sa Section E dahil alam nilang gagawa at gagawa sila ng gulo pero ngayon parang ang hina-hina na namin. Hindi na natatakot ang ibang istudyante.

Mabilis na bumagsak ang katawan ko sa kama. Gusto kong matulog pero ayaw akong patulugin ng isip ko. Kung anu-anung pumapasok at naglalaro sa utak ko. Feeling yata nila playground ang brain cells ko.

Pinilit kong bimangon mula sa pagkakahiga. Nagpalit ako ng damit at nagbabakasakali na yon ang maging dahilan para makatulog ako. Pero mas lalo lang akong hindi dinalaw ng antok.

Nakaupo ako sa kama ng biglang bumukas ang pinto at bumungad ang galit na muka ni Aries.

"Where have you been?" Tanung nya.

"S-school."

"Ang tigas talaga ng ulo mo no?"

"May nangyari kasi kaya kinailangan ko talagang pumunta don."

Napahawak sya sa sintido nya. Mukang handa talaga syang sermonan ako. Sandali nya kong tinitigan. Wala talaga ako sa mood na sagut-sagutin sya. Kaya naman hinayaan ko nalang syang dumaldal ng dumaldal.

Walang kahit na anong pumapasok sa isip ko. Dadaan lang sa tenga ko ang sinasabi nya pero hindi naman tumatambay sa utak ko.

"Aries..." Tawag ko sa kanya. **"...pwedeng bukas nalang tayo mag-usap? Pagod na kasi ako."**

Kita ko ang pagtataka at pagkabigla sa muka nya. Hindi na sya sumagot at naglakad nalang palabas ng kwarto ko.

Malalim ang naging buntong hininga ko. Hindi ko maintindihan. Mababaliw na ko sa mga nangyayari sakin.

Pakiramdam ko kampon ng kadiliman si Author. Ligaya'ng ligaya sa pagpapahirap ng buhay namin-buhay ko to be exact. Hindi makuntento-siguro malakas ang sapak non sa ulo.

Narinig ko ang pagtunog ng cellphone ko. Kinuha ko yun mula sa bag at isang text message ang nakita ko.

Mula sa GagongBaliw.

From: *GagongBaliw*
Message: *hey. How are you?*

Gusto kong sumigaw ng malakas at sabihing '*Putangina! Hindi ako okay!*'. Ayoko lang ng usap at baka maiskandalo din yung mga kapitbahay namin.

To: *GagongBaliw*
Message: *Keifer.*

Sinadya kong isend sa kanya yun. Gusto ko ng makilala ang ugok na to.

From: *GagongBaliw*
Message: *Watson*

Bahagya akong nabigla kahit inaasahan ko na to. Syempre alam nya yon dahil sya nga yon!

To: *GagongBaliw*
Message: *ikaw sya.*

From: *GagongBaliw*
Message: *haha... Ur cute.*

Napasimangot ako. Para bang pinaglalaruan ako ng Gagong to.

To: *GagongBaliw*
Message: *I'm done playing games. Who the hell are you?*

From: *GagongBaliw*
Message: *Any birthday wish for him.*

Isang litrato ang kasunod ng mensahe nya. Sa gitna ng malaking hall ay nakatayo si Keifer. Naka-tuxedo'ng itim sya at meron kausap sa cellphone.

To: *GagongBaliw*
Message: *sino ka ba tlaga?*

From: *GagongBaliw*
Message: *I know you more than you know me.*

Nabitawan ko ang cellphone ko. Bwisit! Napaglalaruan na naman ba ko? Sino to? Sino ang GagongBaliw na to?

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ++

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 239

A/N: Happy Birthday kay Kate. Galing kay Ana Mary Lutero. Sorry ngayon lang kita nabati.

Thanks for this awesome wallpaper. Certified_XX


K i e f e r

TROPA NI
Salamatbehappy


TROPA NI
EATMORE2BEHAPPY
82

Jay-Jay



AMNSF
Yuri
hanamitchi
EATMORE2BEHAPPY
@Astrid

AMANSE
Micaela
Junol
EATMORE2BEHAPPY
@Astrid


AMNESIA
CHIN
PERALTA
EATMORE2BEHAPPY
@Astrid


AMNSE
EATMORE2BEHAPPY

Amnse
Eatmore2behappy

Team AMNSE


EATMOREBEHAPPY

AMNSF

Kiefer

WATSON

EATMOAR2BEHHAPY

@Astrid

JASPER

JEAN MARIANO

EATMORE2BEHAPPY

@Astrid

AMNSE
EAT MORE 2 BE HAPPY
@Astrid

Tropa ni eatmoretobehappy


I have my ways
-KIEFER WATSON

Happy Birthday

Jay-jay's POV

11:48PM. Dilat na dilat ang mga mata ko. Hindi ako makatulog dahil sa litratong pinadala sakin ng hudlong na yon. Ang masakit pa nito, hindi na sya sumasagot sa mga text ko.

"**Bwisit!**" Inis na singhal ko sa phone ko.

Kung hindi sya si Keifer, sino sya? Isa lang ang sigurado ako. Malapit sya sa Hari ng mga Ulupong na yon.

At anu yung suot ng Kumag na yon? Bakit parang nasa isang Party sya. Birthday Party nya? Wow! Nakakahiya naman! May gana pa syang mag-celebrate samantalang mabaliw-baliw kami dito.

"**Punyets ka! Happy-happy ka dyan tapos kami iyak-iyak dito.**"

Padabog akong tumayo at dinampot ulit ang cellphone ko. Hinanap ko ang number ni Ci-N—sya lang kasi ang kilala kong may access sa dimunyung yun.

Pero bago ko pa mapindot ang call bigla kong naalala na wala pala akong pantawag. Hangang pantext lang akes.

Jay-jay Poorita girl.

Pinanlakihan ko ng butas ng ilong ang cellphone ko. Kulang nalang masilip na ang utak ko. Kung kaya lang mag-react nitong hawak ko malamang mapangiwi na to.

Dapat yata magpaload na ko kay Percy. Kayalang aasarin na naman ako nun. Kung anu-anu na naman ang ibansag sakin.

Naghihirap na kasi ako, hindi na ko nakabawi ng ipon. Buset kasi yung nangutang sakin—hindi marunong magbayad! Hindi ko na ulit naipon yun, sayang yun. Makakabili na kong sapatos.

Malalim na buntong hininga ang pinakawalan ko. Bagsak ang mga balikat ko ng mapansin kong 10 minuto nalang at 12AM na. Ibig sabihin, February 29 na. Brrriittttday na nung Hari ng mga Ulupong.

Nakakainis talaga! Nakakainis! Sobra!

Isa nalang ang natitira kong pag-asa para matawagan tong kung sino man tong GagongBaliw na to. Tumayo ako at dahan-dahang binuksan ang pinto ng kwarto ko.

Nagdadalawang isip talaga ako sa gagawin ko na to. Dahan-dahan din ang bawat hakbang ko palapit sa kwarto ni Aries. Wag lang sana syang topakin. *Ay naku!*

Marahan akong kumatok nung una pero wala akong narinig na sagot. Sinubukan ko ulit pero wala pa rin. Hinawakan ko ang doorknob at unti-unti'ng pinihit yun.

Kulang nalang pumalakpak ang tenga ko sa tuwa ng bumukas yun at mapagtantong hindi nag-lock ang kapatid kong Horoscope.

Tip toe, tip toe, tip toe.

Ayan! Naging balirina na ko sa kakatingkayad. Sinilip ko yung bedside table at andun nga ang hinahanap ko.

Ang mahiwagang cellphone ng horoscope. Dito ko malalaman ang aking kapalaran—*este*, eto ang gagamitin ko para matawagan ang GagongBaliw.

Kinuha ko yun at sinubukang i-unlock. *Ay kabog! Iphone ang Lolo mo!* Pero kailangan ko ang fingerprint nya para ma-unlock. Ang taray ng cellphone nya! High-tech!

Lumapit ako sa kanya at hinanap ang kamay nya. Binaba ko ng bahagya ang kumot hangang sa bewang nya. Topless na naman sya. Pero eto ang masakit—ginawa nyang unan ang isang kamay nya at

ang isa nakahawak sa....*ano! Yung ano! Sa ibabaw ng ano.*

Inhaled, exhaled! Huminga ka!

Kailangan ko yung fingerprint nya. Yun lang para mabuksan ko ang cellphone nya tapos exit na. Kung bakit ba naman kasi dun pa nakahawak?! Ang dami-dami'ng pwedeng hawakan!

"**Kaya ko to.**" Bulong ko sa sarili ko.

Dahan-dahan kong hinatak ang braso nya palayo sa *kuwan* nya. Nagawa ko naman yun ng maayos. Hinlalaki nya ang una kong sinubukan. Nilapit ko don ang cellphone nya at tinapat sa bilog.

Pero hindi bumukas!

Sinubukan ko ang hintuturo nya pero hindi rin bumukas. Yung gitnang daliri naman at palasingsingan pero wala ding epek. Halos mapasigaw na ko sa inis. Hinliliit nalang ang huling pag-asa ko.

Akmang hahawakan ko na yon ng biglang gumalaw ang kamay nya. Bumalik sa paghawak sa....dun sa....*basta don!*

Sinubukan ko ulit na hatakin ang braso nya pero bumalik na naman don. Sa sobrang inis ko, nagsusuntok ako sa ere ng hindi gumagaws ng ingay. At ng dahil sa katangahan ko nabitawan ko yung cellphone.

Lumipad sa ere at ang tunay na katangahan ko? Tumama ang cellphone nya sa.....humihingi po ako ng patawad sa mga magiging anak ni Aries.

I'm shorrey! I'm so shorrey!

"**Fvck!**" Sigaw nya kasabay ng biglang pagbangon.

Sa sobrang takot at gulat ko, sumiksik ako sa gilid ng kama nya. Dinig ko ang pag-inda nya sa sakit.

"**The hell! Aaarrgghhh!**" Sigaw nya.

Gusto kong humingi ng sorry sa kanya pero baka patayin nya ko sa

sobrang galit. Babalatan ako ng buhay nito pagnagkataon.

"**How on earth....?! Argh!**"

Ako yung naiiyak dahil sa ginawa ko. Pakiramdam ko tuloy hindi na sya magkaka-anak. May ilang minuto ko ding narinig ang pag-inda at pagmumura nya.

Nang medyo tumahimik na sya, sinubukan ko syang silipin sa kama pero laking gulat ng makitang wala sya don. Mabilis akong tumayo at tinanggal ang kumot sa kama.

Hala! Nawala! Pati cellphone nya.

"**Asan napunta yon?**" Tanung ko.

"**Is this...**" Nanlaki ang mata ko. "**...what you're looking for?**"

Unti-unti kong nilingon ang likod ko kung saan nang-galing ang boses. Ikom ang bibig ko habang naka-yuko.

"**What the fvck are you doing here?! In the middle of the *night*!**" Diniinan talaga nya yung huling salita.

Pinaglaruan ko ang mga daliri ko. Hindi ko masabi sa kanya. Gusto ko lang namang hiramin ang cellphone nya para matawagan yung GagongBaliw.

"**...and seriously?! Why did you hit my....my....my....my THING!**"

"**Panu mo naman nasabi'ng ako yun? Maka-bintang ka dyan!**" Kuwaring inis na sabi ko. "**...tsaka hindi ko naman sadya yon.**"

Malakas na singhal ang pinakawalan nya. "**Edi inamin mo din!**"

Hindi ko naman talaga sadya!

"**Nabitawan ko kasi tapos nalaglag sa *anes* mo. Sorry naman.**" Nakayuko pa ring sabi ko.

"**What do you need this for?**" Tanung nya habang inihaharap

sakin ang cellphone nya.

"**Makikitawag sana ako. Wala kasi ako pantawag.**"

Malalim ang naging buntong hininga nya. Nagpipindot sya sandali don sa phone nya bago iabot sakin.

Taka ko syang tinignan bago abutin ang phone nya. Pinindot ko ang bilog na bagay sa phone at bumukas yon. Wala ng password!

"**Tinanggal ko na yung password. Ibalik mo nalang pagkatapos mong gamitin.**" Sabi nya habang papalapit sa kama. "**...and PLEASE! Gisingin mo ko sa maayos na paraan.**"

Nahiga sya sa kama at nagtalakbong ng kumot. Napangiti ako sabay tingin sa hawak ko.

Nice! Matatawagan ko na ang GagongBaliw!

"**Salamat!**" Buong galak kong sabi at mabilis na lumabas ng kwarto nya.

Halos isang hakbang lang ang naging pagitan ng kwarto nya sa kwarto ko. Hinanap ko agad ang cellphone ko na nakakalat sa kama. Ang number ng walanghiya ang pakay ko.

Halos pandilatan ko ng nata yung phone ni Aries habang tina-type ang number ng hudlong. Nanginginig-nginig pa ang kamay ko habang nilalapit yon sa tenga ko.

Nagri-rinig na! I'm zo egzoyted!

Halos mapaiktad ako ng sagutin ang tawag at kagaya ng inaasahan ko—walang nagsasalita.

"**Hoy....GagongBaliw.**" Medyo inis na sabi ko. "**...Ako to! Si Jay-jay maganda.**"

Wala pa rin akong naririnig na nagsasalita pero malakas ang pakiramdam kong nakangiti sya mula sa kabilang linya.

"**Sino ka ba talaga?! Ang lakas kasi ng trip mo hindi ko**

masakyan. Kapikon na eh! Alam mo yun!" Nanlalaki pa ang mata ko habang sinasabi yon. "**...Sabihin mo na kasi kung sino ka? Ka-stress ka—sobra!**"

Nasisira ang beauty ko sayo!

Nakarinig ako ng pagtikhim mula sa kanya. Mahina lang yon pero alam kong sa bibig nya nang-galing.

"**Can you please say something? Natutuyo na laway ko dito kakadaldal tapos speechless ka pa rin.**"

Malapit-lapit na kong mabaliw dahil sa kanya. Gusto ko na talaga syang dukutin mula sa kabila. Kung hindi ba naman kasi.....*haizt!*

Napatingin ako sa wall clock. 12:09AM na—birthday na nung ugok. Napabuntong hininga ako. Hindi ko pa rin alam kung sino ang GagongBaliw na to ang sigurado lang, konektado sya sa Pisting Hari ng mga Ulupong.

"**Hoy! Kung sino ka man—alam kong malapit ka kay Keifer. Baka pwedeng.....*ano*.....pakisabi...**" Marahas kong kinamot ang batok ko. "***...Nyappi Brrritttday*.**"

Wait—ano sabi ko?!

Mabilis kong natakpan ang bibig ko. Nabulol ako, anak nang! Simpleng Happy Birthday nalang hindi ko pa nasabi ng maayos.

Nakarinig ako ng mahinang pagtawa. Mukang pinagtatawanan ako ng Gago. Akala mo naman—hindi ko naman kaya sadya yun.

"**Sige. Tumawa ka. Maligaya ka dyan.**" Inis na sabi ko.

Unti-unti'ng nawala ang pagtawa nya. Naging tahimik ulit sa kabilang linya. Napayuko ako, marami pa kong gustong iparating sa Hari.

"**...Baka pwede ring pakisabi na...**" Malalim ang naging buntong hininga ko. "**...pakisabi na bumalik na sya. Nahihirapin na yung mga kapwa nya Ulupong...**" *Nahihirapan na ko.* "**...kailangan sya ng Section E...**" *Kailangan ko sya.* "**...marami'ng umaasa sa**

kanya..." *Umaasa ako sa kanya.* "**...gusto na rin syang makasama ng mga kaibigan nya...**" *Gusto ko rin.*

Sa hindi ko maintindihan na dahilan bumagsak ang isang luha mula sa kaliwang mata ko. Humihigpit ang paghinga ko. Simpleng mensahe lang ang gusto kong iparating pero nahihirapan ang kalooban ko ng ganito.

"**Pakisabi na rin... Kung anu man yung inaasikaso nya. Pakibilisan.**" *Para kasing hindi ko na kakayanin kung magtatagal pa sya.* "**...Wish ko rin para sa birthday nya. Maging totoo na sya sa nararamdaman nya...**" *Maging totoo na sya sakin.* "**...wish ko rin na sana mapatawad nya ko...**" *Dahil parang susuko na ko.* "**...sa mga nagawa ko sa kanya.**"

Pasimple kong pinunasan ang luha ko. Liminok din ako para alisin ang nakabara sa lalamunan ko.

"**Sana lang talaga bumalik na sya agad....pero kung hindi pwede. Okay lang tatanggapin namin.**" *Kahit masakit.... Kahit sobrang sakit.* "**...pakisabi yung mga yon sa kanya ah? Aasahan ko yan.**" Tinignan ko yung oras kahit alam ko namang hindi pa nagtatagal ang usapan namin. "**...sige na. Papatayin ko na to. Baka magalit yung kapatid ko—inubos ko na yung load nya.**"

Kagaya ng inaasahan ko wala na naman nagsalita mula sa side nya. Aalisin ko na sana sa tainga ko yung cellphone ng meron akong marinig. Hindi malinaw at hindi ko din alam kung may problema ba sa signal.

Merong umiiyak.

Magsasalita na sana ako ng kusang namatay ang tawag. Sinubukan ko pa ulit na tawagan yung number pero nakapatay na agad yung cellphone. Hindi ko maintindihan yung nangyari.

Umiiyak ba ang GagongBaliw? Pero bakit? Meron ba kong nasabi na hindi nya nagustuhan? Meron ba kong ginawa.

Napataas ang tingin ko sa pinto ng mapansin kong unti-unti'ng bumubukas yun. Nakatayo ang Aries habang puno ng pagtataka na

nakatingin sakin.

"**May nangyari ba?**" Tanung nya at naupo sa tabi ko.

Mabilis kong pinunasan ang takas na luha sa pisngi ko. Lumunok ako at bahagyang umubo.

"**W-wala... Feel ko lang mag-drama.**" Dahilan ko.

Naramdaman ko ang braso nyang umakbay sakin. Pilit din nyang pinasandal ang ulo ko sa balikat nya.

"**Tungkol ba sa kanya?**" Bulong nya.

Parang switch na nag-on ang nararamdaman. Mabilis na bumagsak ang mga luha ko at parang wala ng bukas ang pag-iyak ko. Kusang yumakap ang mga braso ko sa kanya.

Bakit ganito? Bakit ako nagkakaganito?

"**Nahihirapan ako k-kahit wala syang ginagawa.**" *Kung bakit parang wala syang ginagawa.* "**...nasasaktan ako kahit w-wala sya dito.**" *Kung bakit wala sya dito.* "**...b-bakit kailangan kong makaramdam ng g-ganito?**"

"**Ssshhhh.... Normal lang yan. Si Keifer ba naman ang mahalin mo eh.**" Sagot nya na kinainis ko.

Hinampas ko sya sa dibdib na ikinatawa nya. Pero unti-unti kong naramdaman ang pagseryoso nya. Humihigpit din ang yakap nya sakin.

"**Binalaan na kita dati. Mahirap mahalin ang lalaking yun.**"

"**Nalaman mo? Minahal mo na ba sya?**" Inis na tanung ko habang pinupunasan ang mga luha ko.

Bigla syang humiwalay ng yakap at tinignan ako ng masama. Inambaan din nya ko ng suntok sa ulo na mabilis ko namang sinalag.

"**Parang hindi mo alam ang kwento ni Freya at Ella ah?**"

Alam syempre. Ako pa!

"Pero hindi naman nila minahal si Keifer." *Hindi kagaya ko.*

"Dahil natatakot sila sa kanya." Sagot nya na pinagtaka ko. **"...kakaiba magka-gusto sa babae ang gunggong na yon."**

Napaisip ako. Parang may nagsabi na rin kasi sakin non dati. Kakaiba sya magka-gusto, babakuran nya at hindi na hahayaan na mawala sa kanya.

"Panung....bakit parang alam na alam mo?"

Tinignan nya ko at ginulo ang buhok ko. **"Kahit nung grade school kami ganun na sya sa babae. Buti nalang at mabilis syang mawalan ng interest."**

Napasimangot ako. Kahit kelan talaga, napaka ng lalaking yon. Parang hindi tao ang babae sa kanya. Akala mo mauunahan ng mauunahan.

Tinignan ko si Aries na nakatingin sa kawalan. Hindi ko alam kung ito ba ang tamang oras na itanong to sa kanya.

"A-aries... Pwede bang malaman kung bakit galit na galit ka kay Keifer?"

Kita ko ang pagtagis ng bagang nya. Lumunok din sya at mabilis na iniwas ang mga mata sakin.

"S-sorry. Okay lang kung—."

"He never listen to me." Sabi nya ng hindi pa rin tumitingin sakin. **"...Sinisi nya ko sa nangyari kay Percy ng hindi man lang inaalam ang totoong nangyari."**

Napayuko ako. **"Yun ang isa pang nakaka-inis kay Keifer. Sarado ang utak nya sa mga paliwanag."**

"Makitid ang utak." Dagdag nya.

"Pikon pa kamo."

"Topakin din."

"Spoiled."

"Huge asshole."

"Babaero pa."

Bigla nalang syang tumawa ng malakas. Kahit natawa na rin. Bigla kaming nagkasundo sa panlalait sa Hari ng mga Ulupong.

Sa hindi ko maintindihan na dahilan, sa kalagitnaan ng pagtawa ko napaiyak ako bigla. Umiiyak na naman ako. Umiiyak na naman ako ng dahil sa kanya.

Tumigil si Aries sa pagtawa at mabilis akong niyakap. Sinubsob ko ang muka ko sa dibdib nya.

"**Jay.**" Tawag nya sakin.

"**B-birthday nya ngayon pero hindi man lang sya nagparamdam sakin. Hindi man lang sya tumawag o nag-message.**" Sabi ko na parang nagsusumbong. "**...Ang daya! Ang daya nya! Sobrang daya!**"

Punyeta ka talaga Keifer.

Naramdaman ko ang kamay ng kapatid ko na humihimas sa likod ko.

"**Tumigil ka na Jay. Tumigil ka na sa pag-iyak ng dahil sa kanya. You have to accept the truth.**"

"**A-anung truth?**"

Sinubukan kong itaas ang paningin ko sa kanya pero pinigilan nya ko. Hinalikan nya ang ulo ko.

"**There's a chance that Keifer...**" Nagbuntong hininga sya. "**...that Keifer will no longer coming back.**"

Umiling ako. "**H-hindi. Panu m-mo nasabi yan? Sinasabi mo**

lang yan—."

"Aalis si Kuya Angelo bukas." Putol nya sa sasabihin ko. **"...He received an invitation from Watson Enterprise. Nakalagay don na ipapakilala na ang bagong owner ng company. Sa laki ng responsibilities nya don tingin mo ba makakabalik pa sya?"**

Muli akong napaiyak ng malakas. Tama sya! Pwedeng hindi na nga sya bumalik samin—sakin. May buhay na sya don na hindi ako kabilang. Na hindi kami kabilang.

Hindi na dapat ako umasa...pero bakit naniniwala pa rin ako.

"Babalik sya. Alam ko babalik sya. Sabi nya babalik sya." Pagpupumilit ko.

Kailangan nyang bumalik. Dapat bumalik sya dito. Dapat bumalik sya sakin. Kasi kung hindi sya babalik, panu na ko? Anung gagawin ko kapag nawala na sya ng tuluyan sakin?

Hindi ko maintindihan kung bakit kailangang sabihin sakin ni Aries to. Buong akala ko ayos na kami pero bakit nya sinabi yon? Gusto pa rin ba nya kong saktan? Baka talagang galit sya sakin. Baka gumaganti nalang sya sakin.

Hindi ganun yon.

"Bawiin mo yung sinabi mo! Babalik sya dito!" Sigaw ko sa kanya at sinubukan syang suntukin.

"Jay! Tama na!"

"Bawiin mo! Babalik sya!..." *Babalik sya.* **"...kasi hindi ko kakayanin."**

Matagal kaming nasa ganung posisyon. Hindi ko na rin alam kung gano katagal akong umiiyak. Namalayan ko nalang na nakahiga na ko at hita ng Horoscope ang ginawa kong unan. Sinusuklayan nya ang buhok ko gamit ang mga daliri nya.

Sa simpleng paraan nya na yon, naging komportable ako.

"**Let me tell you something funny.**" Sabi nya pero hindi ako tumingin o sumagot sa kanya. "**...Alam mo bang hindi ko na talaga alam ang tamang edad ko non?**"

Bahagya akong tumingin sa kanya at nagtaka.

Shunga? Edad mo hindi mo alam.

"**Kaya yung sinabi ko sayo dati—na kaya hindi ko sinabi ang totoong edad ko sayo para hindi ka maghinala na magkapatid tayo—hindi totoo yon.**" Ngumiti sya kahit hindi naman nya alam kung nakatingin ako. "**...bago kasi ako ipa-ampon, edad mo lang ang alam ko. Three years old ka non. Oo mas matanda ako sayo pero hindi ko alam kung gano kalayo ang agwat natin.**"

Bumalik ako sa pagtingin sa kawalan. Medyo nakakatawa nga yung katangahan nya na yon.

Sobra! Tawa tayo... Ha.ha.ha.ha.

"**Ang nakadagdag pa sa problema, wala akong birth certificate. Kaya kahit sila Kuya Angelo buong akala na Three lang ako nung nakuha nila ko.**"

"**Panu mo nalaman yung tamang edad mo?**" Halo pabulong kong tanong.

"**Dahil sa Nanay mo—natin pala. Pero nalaman ko yon nung nasa grade school na ko. Pinagtawanan pa ko ni Percy non, ang tanga-tanga ko daw. Sariling edad ko daw hindi ko alam.**"

Sa parteng yon ako napangiti. Pareho talaga kami ng ikot ng utak non. Pero hindi naman siguro nya kasalanan. Akala ko kasi shunga lang talaga sya.

Malalaman nya ang bagay na yon kung may matandang magtuturo sa kanya. Pero mukang edad nalang hindi pa naituro ni Mama.

"**Masaya ka ba?**" Wala sa sariling tanong ko. "**...masaya ka ba na hindi ka lumaki sa puder ni Mama?**"

Nagbuntong hininga sya. "**Hindi ko masabi. Magulo ang buhay**

ko."

Umayos ako ng higa at pinagmasdan sya. Tumingin sya sakin ng maramdaman ang pagtitig ko sa kanya. Ngumiti sya habang patuloy sa pagsuklay sa buhok ko.

"Matulog kana. Babantayan ka ni Kuya."

At ang mga salitang yon ang nagbigay ng ngiti sakin. Sa kabila ng nangyari, may maganda'ng bagay din pala akong maririnig.

"**Aries...**" Tawag ko sa kanya. "**...Ang laki ng butas ng ilong mo. Kita ko utak mo—ARAY!**" Tinampal nya ko sa noo.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 240

A/N: Magkakaroon ng time laps yung kwento ni Aries. Same with Keifer. Kaya expect a huge spacing.

Thank you Mhaynelva Rosel.



Kuya's Pain

Aries's POV

Namumula ang noo nya. Mukang napalakas ang pagkakahampas ko. Pero kahit ganon, mahimbing ang tulog nya.

Namamaga ang mga mata nya sa kakaiyak. Siguro kung meron mang hindi nagbago sa kanya—bukod sa katigasan ng ulo nya—yun yong pagiging iyakin nya.

Hindi ko maiwasan na hindi ngumiti. Kahit sa murang edad, naalala ko pa rin non lung paano ko sya alagaan.

*****Flashback…******

"Ari!"

"Aris." Pagtatama ko.

"Asan Mama?" Tanung nya habang nakatingin sakin ang bilugan nyang mga mata.

"Nasa tarbaho pa."

Yumuko sya at pinulot ang mga bato sa lupa. **"Ay, tagal."**

Kinuha ko ang kamay nya at pinagpag yon para bitawan ang mga batong nakuha nya. Sabi ni Mama madumi daw ang lupa at pwedeng makakuha ng bulate kaya dapat hindi pinapahawak si Jay-jay non.

"Madumi! Bitaw!" Sigaw ko sa kanya.

"Nititignan ko lang."

Napatingin ako sa lumang gate namin ng may humintong tricycle sa tapat non. Dahan-dahang bumababa si Mama. Binitiwan ko ang kamay ni Jay-jay at nakangiting sinalubong sya. Ako na rin ang nagbukas ng gate.

"**Mama!**" Bati ko.

Pero hindi nya ko sinagot, nilagpasan nya ko na parang hindi nya ko nakita. Mabilis syang lumapit kay Jay-jay at niyakap.

"**Mama!**" Buong galak na sigaw ni Jay. "**Bakit ikaw tagal?**"

"**Na-miss mo ba si Mama? Kasi nag-work ako.**"

Tumango-tango si Jay sa kanya. Tinignan ako ni Mama.

"**Isara mo yung gate at pumasok ka na dito.**" Sabi nya at tuloy-tuloy na pumasok sa loob.

Ginawa ko ang inutos nya at mabilis na tumakbo papasok sa loob. Nakita ko na meron syang binubuklat na plastic bag. Puro pagkain ang laman non.

"**Ang dami pagkain! Tignan mo Ari!**"

"**Kuya Aries.**" Pagtatama ni Mama. "**...mas matanda sya sayo.**"

Tuwing uuwi galing tarbaho si Mama. Lagi syang may uwing pagkain. Bigay daw yon ng Boss nya. Minsan meron din syang uwi'ng laruan para samin ni Jay-jay.

Pero mas gusto ko kung andito lang si Mama sa bahay. Mas gusto ko yung nakakasama namin sya.

Biglang dumating si Mama galing tarbaho. Meron mapulang bagay sa muka nya. Parang marka na nakalagay sa tabi ng labi nya. Galit na galit sya at parang merong kaaway.

Dumating si Ate Jamela Mae. Yung nakatira sa katabi naming bahay. Nagsisigawan sila sa loob ng bahay at hindi ko alam ang dahilan.

"**Aaway sila?**" Tanung ni Jay.

Napansin kong nagsisimula na syang umiyak. Agad ko syang nilapitan at hinimas sa ulo.

"**Hindi. Magkaibigan sila. Hindi sila aaway.**" Paninigurado ko.

"**Talaga?**"

"**Oo. Tignan ko pa para sayo.**" Sabi ko at naglakad papasok ng bahay.

Sa tingin ko ay hindi naman talaga sila nag-aaway. Nakaupo lang si Mama sa bangko sa harap ng lamesa at ganun din si Ate Jamela. Malalakas lang talaga ang boses nila.

"**Bwisit yon! Kaya pala ang bait-bait ng hayop! May balak pala sakin!**" Galit na sabi ni Mama. "**...may pabigay-bigay pa ng grocery! Anu akala nya sakin por que magkaiba ama ng mga anak ko magpapa-ganun nalang ako sa kanya basta?!**"

"**Andun na nga ako! May punto ka naman! Ang sakin lang, bakit mo inuntog ang ulo sa pader?!**" Inis na sabi ni Ate Jamela.

Tinuro ni Mama ang tabi ng labi nya. "**Sinampal ako ng Gago! Akala ata nya matatakot ako sa pananakit nya!**"

Marahas na kinamot ni Ate ang ulo nya. **"Panu ka na nyan?! Ang mga anak mo?!"**

"Bahala na! Hahanap nalang ako ng ibang trabaho na pwede kong isama yung anak ko. Ipapasok ko na ng school si Aries."

"Eh pera?! Pang-bayad sa school. Pambili ng gamit at uniporme!"

"May pera pa ko dyan."

"Talaga? Hanggang kelan ang itatagal ng pera mong yan?"

"Ewan ko!"

"Umuwi ka na kasi sa inyo! Ipakilala mo na yang mga anak mo sa Nanay mo!"

"Hindi ko Nanay yon! Kaylangan ko bang ulit-ulitin na anak ako sa labas ng Tatay kong hudas?! Mabait lang talaga ang asawa nya para kupkupin ako."

"Bakit ka nga ba umalis?!"

"Edi nung nabuntis ako kay Aries. Inaway ako ng mga kapatid ko. Nilayasan ko nalang, nakakasawa eh!"

"Tawagan mo nalang yung Tatay ni Jay-jay. Mayaman yon diba? Sya nga nagbigay sayo ng lupa at bahay na to diba?"

Hindi sumagot si Mama. Bigla nalang syang lumingon sa gawi ko at galit akong tinignan.

"Diba sabi ko bantayan mo si Jay-jay? Bakit andito ka sa loob? LABAS!"

Napatakbo na ko sa labas. Nakita ko si Jay-jay na binubungkal ang lupa. Lumapit ako sa kanya at kinuha ulit ang mga kamay nya.

"Aaway sila?" Tanung nya ulit.

Umiling ako. **"Hindi. Uusap lang."**

Hindi ko nga lang naintindihan ang pinag-uusapan nila. Tsaka ano yung anak sa labas? Kami ba yon? Kasi nasa labas kami.

Hindi ko nalang pinansin at nakipaglaro nalang kay Jay-jay. Sinabi ko na din sa kanya na ipapasok na ko ni Mama sa school. Nakikita ko yung anak ni Ate Jamela na laging umaalis ng bahay, sa school daw ang punta nya.

Siguro dun din ako papasok. Sana pwede ko isama kapatid ko.

"Aries! Aries! Gumising ka!" Sigaw ni Mama.

Minulat ko ang mata ko kasabay ng pagkusot. Nakita ko si Mama na binabalot ng kumot si Jay-jay.

"Pupunta tayong ospital! Dalin mo yung bag ko!" Utos nya sakin.

Kahit hindi ko alam ang nangyayari, ginawa ko pa rin. Kinuha ko ang bag nya at lumapit sa kanya. Binuhat nya si Jay at naglakad palapit ng pinto. Binuksan nya yon at hinintay ako.

"**Bilisan mo!**" Sigaw nya sakin.

Tumakbo ako palabas ng bahay. Halos malapit na ko sa gate ng huminto ako at tignan sya. Sinara nya ang pinto at halos patakbo ding lumapit sa gate. Madilim sa labas at walang tao sa daan.

"**Jay! Sandali lang! Pupunta tayong ospital!**" Sabi ni Mama habang pilit tumatanaw ng masasakyan.

Hindi ko alam kung ganu na kami katagal don ng may dumaang tricycle. Ayaw pa sana kaming isakay kundi lang naki-usap si Mama.

Pagdating sa Ospital yung babaeng nakaputi ang nakipag-usap kay Mama. Wala talaga akong maintindihan sa nangyayari. Pero ang napansin ko, hindi nagsasalita si Jay-jay. Wala syang malay at parang hindi na gumagalaw.

"**Hindi ka muna papasok sa school.**" Sabi ni Mama sakin.

"**Bakit?**"

"**Kasi wala na tayong pera. Pinambayad ko sa Ospital para mauwi natin si Jay-jay.**"

"**Gusto ko na mag-school!**" Pagpipilit ko.

Yung mga kalaro ko mag-school na. Gusto kong sumabay sa kanila. Gusto ko na ding pumasok.

"**Hindi nga pwede! Wala nga tayong pera!**" Sigaw nya sakin.

Napasigaw na rin ako kagaya nya. "**Pero gusto ko!**"

Bakit hindi pwede? Gusto ko na mag-aral. Gusto ko makasama mga kalaro ko don. Sabi nila tuturuan daw kami magbasa at magsulat don.

Bigla nalang akong pinalo ni Mama. Napaiyak ako sa sobrang sakit. Sinundan nya pa yon ng dalawang sunod na palo.

"**Wag ka nga makulit! Hindi nga sinabi pwede!**" Sigaw nya at pinalo ulit ako.

Kung saan-saan na tumatama ang kamay nya pero hindi pa rin sya tumitigil.

"**Tama na! Hindi na! Hindi na! Mama!**"

"**Magtanda kang bwisit ka! Hindi ka maka-intindi!**" Sigaw nya sakin. "**...hirap na hirap na ko! Wag ka na makisabay!**"

Hahampasin pa sana nya ko ulit ng biglang may pumasok na matanda'ng babae sa pinto ng bahay. Natigilan si Mama mabilis na hinarap yung babae.

"**Bakit mo sinasaktan yung bata?**" Tanung nya kay Mama.

Sinubukan nya kong lapitan pero mabilis na humarang si Mama.

"**Dinidisiplina ko lang ang anak ko.**" Sagot ni Mama sa kanya.

Nagtinginan sila ng matagal. Hindi ko sya kilala at ngayon ko lang din sya nakita. Meron syang dalang bag at plastic na maraming laman.

Sya pala ang Lola namin ni Jay-jay. Ilang beses syang pumupunta dito sa bahay para iwanan kami ng laruan at pagkain. Sya rin ang nagbabantay samin minsan. Meron na kasing bagon tarbaho si Mama.

Kayalang buong araw syang wala, hindi kagaya dati na kalahating araw lang. Kapag nakatapat sa 12 yung mahabang kamay ng relo aalis sya tapos babalik bago magdilim.

Pero ngayon, tulog pa kami ni Jay-jay umaalis na sya tapos babalik ng sobrang dilim na. Minsan nakakatulog na kami sa paghihintay sa kanya.

Ngayong araw, hindi dumating si Lola. Siguro marami syang ginagawa o baka napagod na. Matagal daw kasi byahe papunta dito.

"**Ari!**" Sigaw ni Jay-jay mula sa loob ng bahay.

Tumakbo ako papasok at hinanap sya. Naka-upo sya sa sahig

habang katabi ang manika nyang wala na nama'ng ulo. Lagi nalang kasi nyang tinatanggal.

"**Sakit tyan!**" Sabi nya habang hawak ang tyan at bigla nalang umiyak.

Lumapit ako sa kanya at pilit syang binuhat. Pina-upo ko sya sa mahabang bangko. Hinanap ko yung bote na ginagamit ni Mama samin kapag masakit tyan namin. Kulay green ang laman non at may kakaibang amoy.

Nakita ko yon sa lalagyanan ng gamot. Binuksan ko at ginaya ang ginagawa ni Mama kayalang may tumapon at nagkalat sa sahig. Hinayaan ko muna yon at pinuntahan nalang si Jay-jay na umiiyak pa rin.

Tinaas ko ang damit nya at nilagay yon sa tyan nya pero umiiyak pa rin sya. Pilit ko syang pinapatahan pero ayaw pa rin nyang tumigil.

"**Gusto ko Mama!**" Umiiyak na sabi nya.

"**Nasa tarbaho pa si Mama.**"

Mas lalong lumakas ang pagiyak nya. Hindi ko alam kung panu sya papatigilin hanggang sa marinig ko ang pagbukas ng gate. Patakbo ko syang sinalubong pero galit na naman syang tumingin sakin.

"**Anung ginawa mo? Bakit umiiyak si Jay-jay?**" Nilagpasan nya ko at nilapitan si Jay na mabilis na sumama sa kanya.

Dadalhin na sana nya sa higaan ng matapakan nya yung tumapon na kulay green.

"**Ano to?!**" Tanung nya.

Bahagya syang umupo at inamoy yon. Hinanap kagad nya ang bote non na nasa likod lang nya.

"**Sino'ng gumalaw nito?**"

"**Nilagyan ko si Jay—.**"

"Lintik ka! Bwisit na buhay to! Wala ka bang utak?! Bakit hinayaan mong tumapon?"

Binaba muna nya si Jay at kumuha ng basahan. Pinunasan nya yung sahig. Meron syang binubulong na sabi ni Lola Bad words daw at dapat hindi gayahin ng bata.

Panay ang tingin nya sakin at alam kong papaluin na naman nya ko. Minsan pakiramdam ko puro mali lang nagagawa ko at minsan naiisip ko na si Jay-jay lang ang mahal nya.

"Papasok na ko. Yung binilin ko! Wag mo iiwan si Jay-jay." Sabi ni Mama bago lumabas ng pinto.

Tulog pa si Jay at hindi pa bumabangon kaya hindi na nakapag-paalam sa kanya si Mama. Lumapit ako sa kanya at inayos ang kumot nya. Naiinggit talaga ako sa kanya.

Mahal na mahal kasi sya ni Mama samantalang ako parang gusto na nya'ng mawala.

Pero okay lang, mas bata sya sakin kaya naiintindihan ko. Mas kailangan ng Baby ang pagmamahal ng magulang, sabi sakin yun ni Lola.

Tumingin ako sa labas ng bintana. Mukang hindi pupunta si Lola ngayon. Kinuha ko muna ang laruan ko na bigay nya. Naglaro muna ako sa labas sa tapat ng pinto.

"**Aries!**" Sigaw ng kung sino.

Hinanap ko yun at nakita ko ang mga kalaro ko sa labas ng gate. Kumakaway sila sakin.

"**Sama ka samin!**" Aya nila sakin.

Tumayo ako at sandaling sumilip sa bahay. Tulog pa naman si Jay at mamaya pa sya magigising. Babalik nalang siguro ako bago sya magising.

Sinara ko yung pinto at tumakbo palabas ng gate namin.

"**Tara dun tayo sa court!**" Sabi nila at sumunod naman ako.

Pagdating don, merong naglalaro ng basketball. Naisip naming manuod muna dahil mukang masaya. Marami silang naglalaro at pinagpapasa-pasahan yung bola. Paglaki ko, maglalaro din ako non.

Hindi ko alam kung ganu na kami katagal don pero napansin kong umaalis na yung mga tao. Tsaka ko lang naalala si Jay-jay. Hindi ko pa pala sya napapakain.

Nagpaalam ako sa mga kalaro ko at tumakbo pauwi sa bahay. Nakabukas ang gate at pinto pagdating. Natakot ako bigla dahil baka lumabas ng bahay si Jay.

"**Jay-jay!**" Tawag ko.

Pagpasok ko sa loob bigla nalang may humampas na bagay sakin. Napaluhod ako at napaiyak sa sakit. Nang tignan ko kung sino yon, si Mama pala. Meron syang hawak na hanger at galit na galit sakin.

Hinampas nya ko ulit at napasigaw na ko sa sakit.

"**Mama! Masakit!**" Sigaw ko sa kanya.

"**Sabi ko wag mo iiwan si Jay-jay! Ang tigas ng ulo mo!**" Sabi nya habang patuloy sa pagpalo sakin.

"**Ma! Tama na!**"

"**Hindi ka marunong sumunod!**"

Hindi pa rin tumitigil sa paghampas sakin. Tinatamaan ako sa kung saan at pati sa muka.

"**Gusto mo sa labas?! Sige sa labas ka!**" Hinatak nya ko palabas at halos ibato nya ko. "**...dyan ka!**"

"**Hindi na po Mama!**" Pagpupumilit ko.

"**Uulit ka pa?! Hindi ka marunong sumunod!**"

"**Hindi ko na iiwan si Jay-jay!**" Sabi ko habang patuloy sa pag-iyak.

Hindi na sya nagsalita at binato ang hawak na hanger sa loob. Kinuha nya ang bag nya at umalis ulit. Tumayo ako at pumasok ng bahay.

Nakita ko si Jay-jay na nakaupo sa sahig at kumakain ng tinapay. Buti sya hindi sinasaktan ni Mama. Siguro mas mahal nya sya talaga.

Maagang umalis ngayon si Mama. Naiwan na naman kami ni Jay-jay. Ayoko pa sana syang paalisin dahil may sakit na naman si Jay.

Mainit sya at parang nanghihina. Sinubukan ko syang gisingin para kumain pero umiyak lang sya ng umiyak. Bumalik din sya sa pagtulog pagkatapos.

Nag-aalala ako sa kanya. Natatakot ako na baka dalhin ulit sya sa Ospital. Ang dami nilang sinasaksak na gamot sa kanya don.

"**Aries!**" Tawag ng kung sino mula sa labas.

Nakitang kong binuksan nya yun gate at kusang pumasok. Meron syang dalang mangkok. Nang makalapit dun ko lang nakita kung sino sya. Si Ate Jamela.

"**Bakit po?**" Tanong ko.

"**May dala akong pagkain. Tara kumain na kayo ni Jay.**" Sabi nya at tuloy-tuloy na pumasok palapit sa lamesa.

"Tara na... Gisingin mo si Jay."

"May sakit sya. Mainit tsaka ayaw kumain."

Agad nyang nilapitan si Jay at hinipo sa noo. **"Mainit nga. Asan ang Mama mo?"**

"Sa tarbaho na."

"Iniwan kayo ng ganito? Aba naman." Tumayo sya at lumapit sa drawer namin ng mga damit.

Nanguha sya ng bimpo at binasa yon ng tubig sa may lababo. Piniga nya at tinupi-tupi. Lumapit ulit sya kay Jay at nilagay yun sa noo nya.

"Titignan ko kung may gamot samin. Kumain ka na." Sabi nya at lumabas.

Ginawa ko ang sinabi nya. Kumain muna ko ng dala nyang pagkain. Pero hindi ko maiwasan na hindi tignan si Jay. Gusto ko din sana syang paka-inin.

Bumalik si Ate Jamela dala ang gamot na sinasabi nya. Ginising nya si Jay-jay at pilit pina-inom ng gamot. Lagi nalang bumabalik ang sakit nya.

Kanina pa madilim pero wala pa rin si Mama. Sinubukan ng puntahan ni Ate Jamela sa tarbaho pero wala daw don. Hindi pa din gumagaling si Jay-jay.

Nilapitan ko sya para ibalik ang bimpo sa noo nya. Dumilat sya at tinignan ako.

"**A-asan Mama?**" Tanung nya sakin.

"**Wala pa.**" Sagot ko at nagsimula na naman syang umiyak. "**Tahan na.**"

"**Gusto ko Mama.**"

Ako din gusto ko si Mama pero wala naman sya dito. Hindi ko alam kung nasan sya.

"**Dadating na yon. Hintay lang tayo.**"

Unti-unti din syang tumigil sa pag-iyak. "**G-gutom ako.**"

Wala pa kaming pagkain. Naubos ko na yung kaninang tanghali. Ganitong oras kasi andito na si Mama para pakainin kami. Dahil wala pa sya kaya wala pa rin kaming pagkain.

"**Gusto ko main.**" Sabi nya.

Tinignan ko kung may natitira pang pagkain kahit tinapay pero wala. Isa lang ang naiisip ko at yun ang bumili sa labas.

Kinuha ko ang baryang nakapatong sa lamesa. Iniwan yon ni Ate Jamela para sakin.

"**Bibili lang akong pagkain. Dito ka lang.**" Sabi ko at tumango naman sya.

Tumakbo ako palabas ng bahay. Merong tindahan ng pagkain malapit samin. Nagtitinda sya ng mga ulam minsan may pang-miryenda.

"**Pabili Ate.**" Sabi ko sa tindera.

"**Anu sayo?**"

"**Yung pang may sakit.**" Sagot ko at tumawa naman sya.

"**Lugaw?**" Tanung nya.

Hindi ko alam kung anu yon pero tumango nalang ako. Agad syang nanguha ng plastic at nagsalin don. Inabot ko ang bayad sa kanya bago nya ibigay sakin yung binibili ko.

Patakbo ulit akong bumalik samin pero nasa gate pa lang ako nakita ko na si Mama sa loob ng bahay. Napahinto ako malapit sa pinto. Meron kasi syang hawak na tsinelas.

Papaluin na naman nya ko.

"**Saan ka galing?! Bakit mo na naman iniwan si Jay-jay?! Ang tigas talaga ng ulo mo!**" Sigaw nya sakin at akmang hahampasin ako.

Mabilis akong lumayo at mukang lalong nagalit si Mama.

"**Gusto mo talaga dyan sa labas?! Sige! Dyan ka matulog!**" Sigaw nya at sinara ang pinto.

"**Mama!**" Sigaw ko at paulit-ulit na kinatok ang pinto.

"**Dyan ka! Wag kang papasok!**" Sigaw nya mula sa loob.

Kailangan kong ibigay ang pagkain ni jay-jay. Naririnig ko ang pag-iyak nya at pagtawag sa pangalan ko.

"**Mama! May ibibigay ako kay Jay-jay.**"

"Manahimik ka!"

Hininto ko ang pagkatok at naupo sa sahig sa harap ng pinto. Yakap-yakap ko ang binili ko para kay Jay.

Ayokong matulog sa labas pero natatakot akong mapalo ni Mama. Nung huling pinalo nya ko pati muka ko tinamaan. Ang hapdi sa balat.

Sinandal ko ang ulo ko sa gilid ng pinto. Pinatay na ni Mama ang ilaw sa loob at labas ng bahay kaya naman sobrang dilim. Hindi ko namalayan ang oras hanggang pati mga katabing bahay namin nagpatay na rin ng ilaw.

Siguro nga, hindi ako mahal ni Mama.

Dinala na naman si Jay-jay sa ospital. Iniwan ako ni Mama kay Ate Jamela dahil hindi naman daw nya ko maasikaso don.

Tanghalian na nung dumating si Mama para sunduin ako. Pagdating namin sa bahay, naghanap agad sya ng bag at naglagay ng damit don. Pero damit ko ang nilalagay nya.

"**Saan tayo punta Mama?**" Tanong ko sa kanya.

"**Kay Lola mo. Dun ka muna sa kanya.**" Sagot nya ng hindi tumitingin sakin.

Hindi na ko sumagot. Pagkatapos kumuha ng damit hinatak nya ko palabas ng bahay. Muntik pa nyang hindi maisara ang pinto ng bahay dahil sa pagmamadali.

Pumara sya ng Tricycle at nagpahatid sa sakayan ng jeep. Hindi pamilyar sakin ang dinadaanan namin. Gusto ko sana magtanong kay Mama pero baka magalit sya.

Habang umaandar ang jeep panay ang tingin ko sa bintana. Sobrang layo na naman sa bahay. Hindi ko na alam kung nasan kami.

"**Para!**" Sigaw ni Mama at huminto ang jeep.

Bumaba sya at sumunod nama ako. Naglakad kami papunta sa kung saan at huminto kami sa tapat ng isang malaking gate. Mataas yon hindi kagay ng samin na mababa lang.

Nakita ko agad si Lola na nagdidilig ng halaman.

"**Lola!**" Sigaw ko at lumingon naman sya samin.

Nakangiti nya kaming sinalubong. Kinuha nya yung bag na dala ni Mama. Meron silang pinag-uusapan na hindi ko maintindihan.

"**Aries.**" Tawag sakin ni Mama at naupo para pantayan ako. "**Dito ka muna kay Lola mo. Kailangan ko lang alagaan si Jay-jay.**"

Tumango ako sa kanya. "**Babalikan mo naman ako kapag magaling na si Jay-jay diba?**"

Tumango din sya. "**Syempre! Babalikan kita.**"

Tumayo na sya at hinarap ulit si Lola. Meron pa syang mga sinabi bago tumalikod samin at umalis.

Babalikan naman nya ko kaya hindi ako natatakot.

Ang tagal ni Mama. Sobrang tagal ko na dito pero hindi pa rin ako binabalikan ni Mama. Hindi ko alam kung okay na ba si Jay-jay.

"**Bakit ang tagal ni Mama?**" Tanung ko sa katabi kong nagbabasa ng kung ano.

Tita ko daw sya sabi ni Lola pero lagi nya kong inaaway.

"**Ewan ko. Hindi kami close ng Nanay mo para malaman ko.**" Sagot nya sakin.

Lagi nalang ganyan sagot nya sakin. Naiinis na ko sa kanya. Bigla nalang humangin ng malakas at dahil tabi kami ng bintana naka-pwesto nilipad lahat ng buhok nya papunta sakin.

Ang baho ng buhok nya.

"**Yung buhok mo!**" Sigaw ko sa kanya.

"**Lasapin mo.**"

Naiinis na talaga ako kaya naman hinatak ko ng malakas ang buhok nya. Kita ko ang pagkabigla nya at unti-unti'ng nagdilim ang muka nya.

Mabilis na dumapo ang dalawang daliri nya sa balat ko at buong lakas na kinurot ako. Napasigaw ako sa sobrang sakit.

"**Lola!**" Sigaw ko at kasunod ng pag-iyak.

"**Lara! Pina-iyak mo na naman yan!**" Galit na tawag ni Lola sa Tita ko.

"**Salbahe yung apo nyo!**" Sagot nya at lumayo sakin.

Magsusumbong pa sana ako ng makarinig kami ng pagbusina ng sasakyan. Sumilip ako sa bintana at isang magandang kotse ang nasa tapat ng gate.

Kita ko yung ibang Tita at Tito ko na natataranta sa pagbukas ng gate. Lahat sila nakangiti para merong inaabangan sa loob ng sasakyan.

Ng huminto ang kotse, bumukas ang pinto non at isang babae ang bumaba. Maganda sya at parang pamilyar sakin.

"**Tita! Sino yon?**" Tanong ko sa Tita kong parang laging may kagalit.

"**Bakit hindi mo sya tanungin?**"

Wala talaga akong makukuhang sagot sa kanya. Lagi nalang syang ganyan magsalita. Akala ko nung una magkakasundo kami pero salbahe sya sa bata.

Hindi nagtagal pumasok na sya sa bahay at meron syang kasunod na bata.

"**Eto pang isang peste.**" Dinig kong bulong ni Tita.

"**Lara! Kamusta? Dalaga ka na! Kamusta ang pag-aaral?**" Nakangiting tanung nya kay Tita.

"**Tanong mo sa principal namin.**" Sagot nya sabay talikod at naglakad papasok ng kwarto.

Susunod sana ako sa kanya pero natigilan ako ng tignan ako batang bagong dating at nung babae. Halatang hindi nya ko kilala pero kahit ganun ngumiti pa rin sya sakin.

"**Hello...**" Sabi nya at lumapit sakin. "**...kamusta? Anong pangalan mo?**"

"**A-aries po.**"

"**Anak yan ni Jeana.**" Sabi nung isang Tita ko na nasa likod nila.

Agad na nag-iba ang itsura nung babae pero bumalik din yon sa pag-ngiti.

"**Why are you so thin?**" Sabi nung Batang bagong dating. "**...I can easily break your bones.**"

Wala akong naintindihan sa sinabi nya.

"**Angelo. Don't talk to him like that.**" Sabi nung babaeng kaharap ko.

Tumingin ulit sya sakin at ngumiti. "**Ako ang Tita Gema mo. Kapatid ko ang Mama mo.**"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. 😈 + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 241

A/N: Ang lagay kayo lang pwedeng extra sa story ko. Dapat ako din.

Thank you Marcus Ken Sandoval & Tristan Lee Saavedra



Thank you din jayjhing



Thank you PrincessEla0209


ANG MUTYA NG SECTION E
(THE DARK SIDE)
by: eatmore2behappy
BABY CENTAUR

Ang Mutya ng Section E
(The Dark Side)

by: eatmore2behappy



Aries's's POV

****ContinuationOfFlashback...****

Pinsan ko pala yung batang kasama nya. Angelo ang pangalan at

dahil mas matanda sya sakin kaya dapat ko daw syang galangin at sundin.

"**Get me a glass of water.**" Sabi ni Kuya Angelo na hindi ko naintindihan.

Tinignan ko sya na puno ng pagtataka. "**Ha?**"

Pinagtaasan nya ko ng isang kilay. "**Kuha mo ko ng tubig.**"

Tatayo na sana ko para sundin sya ng biglang may lumipad na libro papunta sa muka nya.

"**Ugh!**" Sigaw nya habang hawak ang muka.

Tinignan ko kung saan galing yon at nakita ko si Tita Lara malapit samin.

"**Hoy! Kung sa inyo Boss ka dito hindi.**" Sabi nya habang dinuduro si Kuya Angelo. "**...Umayos ka! May kalalagyan ka sakin.**"

Tinignan sya ng masama ni Kuya. "**Why? It hurts!**"

"**Pa-english-english ka pa! Nasa Pinas ka! Tagalog!**"

"**Why did you hit me?**"

"**Because I like hitting-hitting you! You do not english me! I'm better english person!**" Sigaw ni Tita habang dinuduro sa muka si Kuya.

Wala akong naiintindihan sa pinag-uusapan nila. Alam ko lang nabiktima na ng malupit na kamay ni Tita si Kuya. Isa na rin sya sa mga kagaya kong takot sa kanya.

"**Anung nangyayari?**" Tanong ni Tita Gema habang palapit samin.

"**Mom! She hit me with this!**" Sabi ni Kuya at patakbong lumapit sa Mama nya habang hawak ang libro'ng tumama sa kanya.

"**Lara...**" Sita ni Lola na kasunod lang ni Tita Gema. "**...lahat**

nalang ng pamangkin mo, ginaganyan mo."

"Grabe naman sa lahat. Meron pa naman akong hindi nasasaktan." Sagot ni Tita habang nakapamulsa. **"...may pamangkin pa ko na nasa Ospital diba? Hindi ko pa naman nakikita yon."**

Si Jay-jay ang tinutukoy nya. Nasa ospital pa pala sya. Kaya pala hindi pa ko sinusundo ni Mama.

"Sinong nasa ospital?" Tanong ni Tita Gema.

"Edi yung kapatid nitong unggoy na to." Sabay turo sakin.

Hinarap ni Tita Gema si Lola at meron silang pinag-usapan na hindi ko naintindihan. Hinihimas parin ni Kuya ang muka dahil sa sakit na nakuha nya. Nangungulangot naman si Tita Lara sabay pitik sa daliri.

Naalala ko si Jay-jay. Gusto ko na syang makita. Sana gumaling na sya.

Dito rin tumira sila Tita Gema at Kuya Angelo. Pero sandali lang daw sila dito dahil babalik din sa kanila. Dumalaw lang daw sila.

Habang andito sila, palagi akong binibigyan ni Kuya ng laruan. Minsan pumunpunta pa sya sa tinatawag nilang Mall para ibili ako. Pati lumang damit nya sakin din nya binibigay.

"**Hoy!**" Tawag sakin ni Tita Lara.

"**Bakit?**"

"**Ang panget mo.**" Sabi nya at nagtatawa.

Tumalikod nalang ako at pinatong ang dalawang siko sa tuhod habang ang dalawang kamay kay pang-suporta sa baba ko. Naupo si Tita sa tabi ko at pinagmasdan ako.

"**Hoy!**" Tawag ulit nya.

"**Bakit na naman?**" Sagot ko ng hindi tumitingin sa kanya.

"**Kapag inaya ka nila Angelo na sumama sa kanila. Sasama ka ba?**"

Sasama ba ko? Sabi ni Kuya mas marami daw syang laruan don. Meron din syang biskleta na pwede kong hiramin. Sabi din nya na marami syang ibibigay sakin.

"**Oo, basta babalik din kami agad kasi baka sunduin na ko ni Mama.**"

Nagbuntong hininga si Tita. "**Panu kung walang balikan. Sasama ka pa rin ba?**"

Umiling ako. "**Hindi pwede. Babalikan ako ni Mama dito. Baka hindi nya ko makita kapag umalis ako.**"

"**Hindi ka na babalikan ng Mama mo.**" Sabi nya na kinatakot ko. "**...nung isang araw pa nailabas ng ospital si Jay-jay. Si Ate Gema ang nagbayad ng hospital bill nila.**"

"**Edi susunduin na nya ko! Baka inaayos lang nya bahay.**"

"**Sabi ng Nanay mo, nahihirapan na daw sya kaya sabi ni Ate, kukuhanin ka nalang daw nya.**"

"**Hindi totoo yan!**" Sigaw ko kasunod ng pag-iyak. "**...Nilolloko mo lang ako!**"

"**Totoo yon.**" Sabi nya.

Pinaghahampas ko sya sa braso pero parang walang naging talab yon. Nakatingin lang sya sakin.

"**Nagpapaiyak ng bata. Ang tanda mo na para dyan.**" Biglang sabi ni Kuya na harap lang namin.

Tinignan sya ng masama ni Tita. "**Oo naman. Gusto mo paiyakin kita?**"

Bigla nalang tumakbo si Tita kaya napatakbo na rin si Kuya. Panay ang sigaw nya ng *tulong, help* at *Sos.*

Hindi ako naniniwala sa kanya. Lagi naman nya kong pinapaiyak kaya alam kong inaasar lang nya ko. Minabuti kong puntahan si Lola para itanong kung nakalabas na nga ng Ospital si Jay-jay.

Gusto ko na din syang makita.

Nasa likod bahay sila kung nasan ang labahan ng damit. Kinukuha nila ni Tita Gema ang mga sampay.

"**Lola...**" Tawag ko at nilingon naman nya ko sandali.

Nginitian ako ni Tita Gema at lumapit sakin. Bahagya syang yumuko para magpantay kami.

"**Kamusta? Akala ko naglalaro kayo ng Kuya Angelo mo.**"

"**Si Tita Lara na po ang kalaro nya.**"

Bigla nalang tumigil si Lola sa ginagawa at tumingin sa pinang-galingan mo.

"**Puntahan ko muna baka wala ng buhay si Angelo.**" Sabi ni Lola at mabilis na pinuntahan sila Kuya.

Hinarap ulit ako ni Tita. "**Meron akong sasabihin sayo.**"

"Anu po yun?"

"Gusto mo mag-aral diba?"

Tumango naman ako biglang sagot.

"...pag-aaralin kita." Buong galak nyang sabi.

Nanlaki ang mata ko sa sinabi nya. Hindi ko mapigilan na hindi mapangiti. Gusto ko talaga yon. Makakapag-aral na ko.

"Talaga po?"

"Oo. At dun ka mag-aaral sa dating school ni Kuya mo."

Nawala ang mga ngiti ko. **"S-saan po yon?"**

"Malapit dun samin."

Ibig sabihin ba non, sasama nga talaga ako sa kanila? Totoo yung sinabi ni Tita Lara? Sa kanila na ko titira dahil ayaw na sakin ni Mama.

"Sabi ni Tita Lara sakin, kukuhanin nyo na daw po ako at hindi na ibabalik dito. Totoo po ba yon?"

Unti-unti'ng nawala ang mga ngiti nya. Binuhat nya ko at pina-upo sa ibaba ng lamesa kung saan nakalagay ang mga damit na tinutupi nya kanina.

"Kasi Aries... Kailangang mabantayan ng mabuti si Jay-jay. Sakitin kasi sya at kailangang matutukan." Huminga sya ng malalim. **"...kaya sasama ka muna samin. Dun ka muna tapos kapag okay na yung kapatid mo, ihahatid ka na namin sa inyo."**

Umiling ako. **"Ayoko po. Gusto ko kasama si Jay-jay. Ako mag-aalaga sa kanya."**

Ngumiti sya sakin at hinawakan ako sa kamay. **"Mapag-mahal kang Kuya pero sa tingin mo ba matutuwa si Jay-jay kapag nalaman nya na hindi ka nag-aaral dahil inaalagaan mo sya."**

Napayuko ako. Alam ni Jay-jay na gusto'ng-gusto ko ng mag-aral. Lagi kong sinasabi sa kanya na ituturo ko sa kanya ang mga matutu-tunan ko sa school.

"Hindi po."

"O, kaya mag-aral ka muna. Magkikita naman kayo tuwing bakasyon."

Hindi ko alam ang isasagot ko. Ayoko talagang mapalayo kay Jay-jay. Panu kung kailangan ng magtarbaho ni Mama, sino makakasama nya. Sino magpapakain sa kanya?

Ayoko talaga.

Nasa kwarto ako ni Kuya Angelo ng marinig ko si Lola at Tita Gema na nag-uusap. Tungkol sakin ang pinag-uusapan nila kaya hindi ko mapigilan na hindi makinig.

"Wala hong birth certificate yung bata." Sabi ni Tita.

"Panu'ng wala? Aries Fernandez ang buong pangalan nya sabi ni Jeana." Sagot ni Lola.

"Si Jay-jay lang po ang naka-rehistro."

"Ay bakit naman ganun? Panu ma-e-enroll sa school si Aries?"

"Papa-late register nalang po siguro."

Hindi ko maintindihan kung anu yung birth certificate at rehistro. Pero kung anu man yon, bakit wala ako non? Bakit parang si Jay-jay lang ang meron?

Malapit ng umalis sila Tita Gema. Uuwi na daw sila sa kanila. Sabi nila sasama daw ako pero ayoko talaga.

Alam kong babalikan ako ni Mama. Hindi nga ako nagkamali dahil nakita ko sya na papasok sa gate ng bahay nila Lola.

"**Mama!**" Buong galak kong tawag sa kanya.

Tumakbo ako para salubungin sya at yakapin.

"**Mama! Susunduin mo na ko? Uuwi na tayo?**" Tanung ko pero nakatingin lang sya sakin.

"**Nasaan ang Tita Gema mo?**"

Humiwalay ako ng yakap at tinuro ang bahay. Naglakad sya papunta don na parang hindi ako nakita. Sumunod naman ako sa kanya.

Nakita ko si Tita Lara na nasa pinto at naka-pamulsa. Masama ang tingin nya kay Mama.

"**Si Gema.**" Sabi ni Mama sa kanya.

"**Sa loob.**" Walang ganang sagot ni Tita.

Pumasok si Mama at hinanap ang pakay nya. Susunod sana ako

pero hinawakan ako ni Tita sa ulo para pigilan.

"Dito ka lang. Usapang matanda yan."

Inalis ko ang kamay nya sa ulo ko. **"Sabi ko sayo, susunduin ako ni Mama. Uuwi na kami."**

Hindi na sya nagsalita pero may kakaiba sa tingin nya. Hindi ko alam kung ano yon pero parang hindi sya naniniwala sa sinabi ko.

Hindi nagtagal nakarinig kami ng sigawan sa loob ng bahay. Pati ibang nakatira sa bahay napatingin don. Boses ni Mama yung naririnig ko at susundan naman ng boses ng isa ko pang Tita.

"Ipa-ampon mo nalang yang anak mo kay Gema! Tutal wala ka namang saysay na Ina!"

"Jenny! Wag ka maki-alam sa kanila!" Boses ni Lola.

"Bakit ba marunong ka pa sakin? Anak ko yan! Alam ko makakabuti dyan!"

"Hinaan nyo ang boses nyo baka marinig kayo ng mga Bata." Tita Gema.

Sandaling nawala ang sigawan hangang sa biglang lumabas si Mama. Galit na galit na naman sya at sakin ang punta nya.

Naupo sya para magka-pantay kami. Nakita ko ang pagpatak ng luha nya galing sa isang mata. Pinunasan nya yon agad.

"Aries... Makinig ka." Sabi nya at hinawakan ang muka ko. **"...dun ka muna kila Tita Gema mo. Pag-aaralin ka nya. Papakainin. Bibigyan ng laruan at damit..."** Huminga sya ng malalim. **"...Dun ka muna sa kanila."**

Umiling ako. **"Ayoko. Gusto ko kasama si Jay-jay."**

"Hindi pa pwede. Pangako ko babalikan kita sa kanya. Babawiin kita."

Hindi ko na napigilan ang hindi maiyak. **"Ayoko! Yan din sabi mo**

non. Hindi ko naman ako sinundo para umuwi!"

"Kasi kailangan kong alagaan si Jay-jay."

"Sya lang kasi mahal mo! Siguro ipapamigay mo na ko kasi ayaw mo sakin! Hindi mo ko mahal!"

"Aries! Hindi ganun yon. Bata ka pa kasi kaya hindi mo maiintindihan."

"Hindi! Sinungaling ka! Ipapamigay mo na ko!"

Yayakapin sana nya ko pero mabilis akong lumayo at nagtago sa likod ni Tita Lara. Ayaw nya sakin kaya ibinibigay nya ko kay Tita Gema.

Si Jay-jay nalang lagi ang mahalaga sa kanya.

Naka-ayos na lahat ng gamit. Hinihintay nalang si Kuya Angelo tapos aalis na kami. Dun na ko titira sa kanila.

"**Hoy! Unggoy!**" Tawag sakin ni Tita Lara pero hindi ko sya tinitignan.

Nakatingin lang ako sa lupa. Hindi ko na makikita sila Mama at Jay-jay.

"Lungkot mo naman! Dapat nga matuwa ka eh!"

Nag-angat ako ng tingin sa kanya. "**Bakit naman?**"

"**Kasi mawawala ka na sa paningin ko!**" Sabi nya at tumawa.

Maganda nga yon, tutal salbahe sya sa bata. Lahat nalang kami sinasaktan nya. Pati ibang pinsan ko na dumadalaw din dito, inaaway nya.

"**Aries.**" Tawag sakin ni Tita Gema habang palapit. "**...okay ka lang? Malapit na tayo umalis.**"

Umiling ako bilang sagot. "**Hindi ako nakapag-paalam kay Jay-jay. Baka hanapin nya ko.**"

"**Magkikita pa naman kayo sa bakasyon.**"

"**Sige po.**" Ang tanging nasagot ko.

Lumabas ng bahay si Kuya Angelo dala ang bag nya. Tinignan nya ko sandali bago humarap kay Tita Gema.

"**Let's go?**"

Nag-nod naman si Tita sa kanya at nagpaalam na sila kila Lola. Panay ang sabi nila na magiging masaya ako don kahit hindi naman ganun ang nararamdaman ko.

Sumakay na kami sa kotse at ng umandar yon, pakiramdam ko hindi ako handa. Katabi ko si Kuya Angelo at panay ang tingin nya sakin.

"**Magiging okay din ang lahat.**" Sabi nya sakin at ginulo ang buhok.

Totoo ang sinabi ni Tita Gema o mas tamang sabihin na Mama. Inayos na nila ang birth certificate ko para legal na nya kong ma-adopt. Dinagdagan din nila Michael ang pangalan ko para isunod kay Kuya.

Simula ng lumipat ako sa kanila naging maayos ang buhay ko. May sarili akong kwarto at meron na merong banyo. Marami akong damit, laruan at libro.

Tuwing bakasyon umuuwi ako kila Lola tapos ay pupuntahan ko si Jay-jay sa bagong bahay na nilipatan nila. Hindi kalayuan sa dating bahay namin.

Dala ang bike ko na pinamana pa sakin ni Kuya Angelo pupuntahan ko si Jay-jay. Agad ko syang nakita sa daan at wala na naman syang tsinelas.

"**Aries!**" Tawag nya sakin habang kumakaway.

Buo na nyang nababanggit ang pangalan ko. Nakakatuwa pero nalulungkot din ako.

"**...sya pinsan ko.**" Sabi nya sa mga kalaro nya. "**...sasama muna ako sa kanya.**"

Pinsan.

Hindi ko alam kung bakit yon ang pagkaka-kilala nya sakin. Alam kong tatlong taon pa lang sya nung iwan ko pero hindi ko naman naisip na ganun kabilis nyang makakalimutan kung ano nya ko.

Pinilit kong alisin ang bagay na yon sa isip ko. Ngumiti ako sandali at seryoso syang tinignan.

"**Wala ka na namang tsinelas! Where is it?**" Inis na tanong ko.

Taka nya kong tinignan. "**Ano ulit? Nag-english ka ba?**"

"**Tsinelas mo! Nasan?!**"

Nagkamot sya ng batok. "**Hinagis nila sa bubong.**"

Pinag-taasan ko sya ng kilay. "**Sila? O ikaw?**"

Painosenteng ngumiti sya sakin. "**Pareho.**"

Marahas kong kinamot ang ulo ko bago sya senyasan na sumakay sa bike. Pina-andar ko yon at nagawa pa nyang kumaway sa mga kalaro.

Puro lalaki ang kalaro nya. Hindi na ko magtataka kung bakit parang kilos lalaki sya. Bukod don nakikipag-away din sya sa kanila.

Habang umaandar kami, sinasalubong kami ng hangin kaya panay ang lipad ng buhok nya. Aksidente akong napatingin sa batok nya at isang kakaibang kulay ubeng marka ang nakita ko. Pati sa likod ng tenga nya meron din. Pati ang ilang parte ng braso nya.

Hininto ko ang bike na pinagtaka nya.

"**Ano? Bakit tayo huminto?**" Tanong nya.

"**Napano to?**" Tanong ko at hinawakan ang braso nya.

"**Aahhh... Masakit!**" Sigaw nya at binawi ang braso nya. "**Wala yan! Wag mo pansinin.**"

"**Saan mo nakuha yan?**"

Umiling sya at pilit iniwas ang paningin sakin. Hindi maganda ang kutob ko. Nung huling pagkikita namin, galos at sugat naman ang napuna ko. Alam kong hindi nya nakuha yon sa simpleng pakikipag-away lang.

"**Sinasaktan ka ba ng stepfather mo?**" Walang pagda-dalawang isip na tanong ko.

Bigla nalang syang bumaba ng bike. Nakatalikod sya sakin.

"**Uuwi na ko. Bukas nalang tayo mag-laro.**" Sabi nya at tumakbo palayo.

Susundan ko sana sya pero baka magalit sakin ang stepfather nya. Nag-asawa na kasi ang Mama nya.

Mama nya.

Hindi ko alam kung dapat ko pa rin ba syang iturin na Ina. Puro masasakit na ala-ala lang ang naiisip ko kapag sinusubukan ko syang tawaging *Mama*.

Pinili ko nalang umuwi kila Lola. Si Jay-jay lang naman ang dahilan kung bakit ako nagpunta dito.

Habang mabilis na pinapa-andar ang bike ko napansin ko ang kotseng sinasabayan ako. Nagpa-ubaya na ko sa pagtabi sa gilid ng daan pero nakasabay pa rin sya sakin.

Huminto ako at ganun din sya. Inis kong tinignan ang kotse. Hindi nagtagal bumukas ang bintana non. Isang lalaking naka-shade ang ngumiti sakin.

"**Ikaw ba si Aries?**" Tanong nya.

Hindi ako sumagot. Tinignan ko syang mabuti at sa hindi ko maintindihan na dahilan, bumilis ang tibok ng puso ko. Tinalikuran ko sya at binilisan ang pagpidal. Lumiko din ako sa isang eskinita para masiguro na hindi sya makakasunod.

Huminto ako bago makalabas sa eskenita at makabalik sa main road. Tinignan ko ang likod ko. Habol ang hininga ko dahil sa ginawa ko.

Kakaiba ang pakiramdam ko dahil sa lalaking yon.

Hindi mawala sa isip ko ang lalaking yon. Ang masama pa, nakikita ko rin sya sa labas ng school namin. Kagaya ngayon habang hinihintay ko si Kuya na sunduin ako.

Nasa hindi kalayuan ang kotse nya. Bukas ang bintana at lumalabas ang usok ng sigarilyong hinihithit nya.

"**Aries!**" Tawag ni Kuya sakin habang tumatakbo. "**...Sorry I'm late. Let's go.**"

Agad akong sumunod sa kanya. May pagkakataon na nililingon ang kotse pero hindi naman ito umaalis sa pwesto.

Sino kaya sya? Bakit ba panay ang sunod nya sakin.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 242

A/N: Happy New Year! Mahaba-haba itong flashback ni Aries. Medyo nanga-ngawit na rin ako. Hahahahahahaha.... Sumisikat na ang mga Anak ko! Naiiyak me sa tuwa. 😭😭😭

Happy Birthday kay Kate de Villa

Ang thank you for this!

PERALTA
TITANS

MARIANO
SQUAD

HANAMITCHI
CLAN

WATSON
ARMY

Happy Family

Aries's POV

****ContinuationOfFlashback…**

"Pre tule ka na ba?" Tanong ni Percy na nagpa-ngiwi sakin.

Narinig ko ang malakas na tawanan nila Yuri at Keifer.

"What the hell?!" Ang tanging nasagot ko sa kanya.

"Seriously Percy? Anung pumasok dyan sa isip mo?" Natatawang tanong ni Yuri.

"Mas matanda ako sa inyo, dapat ako mas matangkad." Sagot nya at pinagkumpara ang height naming dalawa.

Sya kasi ang pinaka-maliit samin samantalang si Keifer naman ang mas malaki. Medyo may daya nga dahil kung tutuusin sya ang pinaka-bata samin.

Dalawang taon ang pagitan ng edad nila, isa naman sakin at buwan naman ang kay Yuri. Lumalabas talaga na sya ang pinaka-bata.

"Kulang ka siguro sa tulog." Pang-aasar ni Yuri.

"Baka supot." Gatong ni Keifer.

"Tara… Gupitin na natin para tumangkad ka." Aya ko at mabilis naman nyang tinakpan ang ibaba.

Malakas ang naging tawanan namin. Ewan ko ba kung bakit nya pino-problema yon, samantalang nasa grade school palang kami.

"Sige. Ganyanin nyo ko. Ako man pinaka-maliit sa inyo. Ako naman ang may pinaka-malaking—." Hindi na nya natuloy ang sasabihin nya ng ibaba ni Keifer ang short at brief nya.

Kamot batok syang napa-iwas ng tingin. Sa ikalawang pagkakataon, natalo ulit sya ni Keifer. Malakas ang naging tawanan namin.

Gusto ko sanang ipakilala si Jay-jay sa kanila. Kayalang hindi

naman nila alam na ampon ako at may kapatid ako sa tunay kong ina. Pwede ko ngang sabihin na pinsan ko sya pero magtataka sila kung bakit sobrang lapit ko sa kanya.

Lalu na si Keifer na mahusay sa paghihinala. Pakiramdam ata nya lahat ng tao sa paligid nya nililoloko sya. Ayoko din syang ipakilala kay Percy dahil baka kung anung sabihin at ituro nya. Wala naman akong problema kay Yuri.

"**Mukang kailangan ko ng umuwi. Late na at baka magalit si *Hahaoya*.**" Sabi ni Yuri.

"**Anung *Hahaoya*?**" Tanung ni Percy.

"**That's Mother in Nihonggo.**"

Nag-nod naman sya at bigla nalang lumapit sakin.

"**Pustahan, Mama's boy yan si Yuri.**" Bulong nya sakin.

"**Narinig kita.**" Sabi ni Yuri at tinignan sya ng masama.

Napailing nalang ako habang natatawa. Kanya-kanya na kami ng uwi pagkatapos magpaalam sa isa't-isa. Si Keifer ang pinaka-malayo ang bahay. Nasa tagong lugar kasi ang palasyo nila.

Palasyo yon, dahil sa sobrang laki.

Si Yuri naman ang sunod dahil nasa business district ang bahay nila. Sa tuktok ng sarili nilang Hotel.

Si Percy naman ay sa isang private subdivision. Ratired US Army ang Papa nya na piniling manirahan dito dahil nag-asawa na ng bago.

Sa isang karaniwang subdivision naman ang bahay namin. Nung unang beses ako makarating don, natulala ako sa laki ng mga bahay. Hindi ko alam na meron pa palang mas malaki sa mga iyon.

Pagdating ko sa bahay, bukas lahat ng ilaw. Ibig sabihin, gising pa sila at lagot na naman ako kay Kuya. Dahan-dahan akong pumasok sa pinto at nakita ko si Mama na may kausap sa telepeno.

"**Sige po. Uuwi na kami dyan.**" Nag-aalalang sabi nya.

Natigilan ako habang pinag-mamasdan sya. Sa hindi ko maintindihan na dahilan, si Jay-jay ang unang pumasok sa isip ko.

"**Saan ka galing?**" Maotoridad na tanong ni Kuya. "**...Pumunta ka sa kwarto mo at kumuha ng gamit. Uuwi tayo ngayon kila Lola.**"

"**May nangyari ba?**"

Si Mama ang sumagot ng tanong ko. "**Nawawala ang kapatid mo.**"

Hindi ko maintindihan. Ang daming tao sa harap ng bahay nila Lola. Meron ding silang kausap na pulis.

"**Ay matagal ng sinasaktan ang batang yon. Lahat ng lalaking iuwi ni Jeana, pinagbubuhatan sila ng kamay.**" Sabi ng isang matanda sa pulis na kaharap.

"**Nagkaka-ingay sila pagkatapos sumigaw ng malakas yung bata.**" Sabi naman ng isang babae sa isa pang pulis.

"**Basta bigla nalang tumakbo yung bata puro dugo yung katawan. Sira pa yung damit tsaka walang saplot sa paa.**" Dagdag naman ng isang lalaki.

Nawawala si Jay-jay. Nasa prisinto si Mama at patay na daw ang huling kinasama nya na dahilan ng lahat ng kaguluhan na to.

Pakiramdam ko wala akong kwentang kapatid sa kanya. Hindi ko man lang napansin na meron syang pinagdadaanan. Dapat noon pa ko nagsalita tungkol sa mga sugat at pasa nya sa katawan.

"**Hoy! Unggoy!**" Tawag sakin ng kung sino.

Hindi ko sya nilingon. Wala ako sa mood na kausapin sya. Lalakad na sana ako paalis ng batakin nya ko sa kwelyo ng damit ko sa batok.

"**Sumama ka sakin.**" Sabi nya ng hindi ako tinitignan.

Nilagpasan namin ang kumpol ng mga tao at pulis sa labas. Malalaki ang bawat hakbang nya kaya halos madapa ako.

"**Anu ba?! Bitawan mo ko!**"

"**Teka! Aarkila tayo sasakyan!**" Sabi nya at pumara ng parating na tricycle. "**...Sakay!**" Sabi nya at tinulak ako papasok.

"**Saan ba tayo pupunta?**"

Hindi nya sinagot. Hinarap nya yung driver ng tricycle.

"**Pre... Dun nga sa bahay ng kapatid ko.**"

Sigurado akong sa bahay nila Jay-jay ang tinutukoy nya. Wala akong naging kibo sa buong byahe namin hangang sa huminto kami sa tapat ng bahay na merong dilaw na police line.

Bumaba si Tita at ganun din ako.

"**Aano tayo dito?**" Tanong ko.

"**Hahanapin natin si Jay-jay.**" Sabi nya nakapamaywang pa.

Nangunot ang noo ko. Pulis nga hindi sya mahanap, kami pa kaya. Minsan hindi rin nag-iisip to eh.

Tinignan nya yung paligid sandali at hinarap yung driver ng

tricycle.

"**Pre... Saan nga ulit tumakbo yung bata?**"

Tinuro ng driver yung pinanggalingan namin.

"**Baka binalak nyang pumunta kila Nanay.**" Si Lola ang tinutukoy nya.

Napapakamot ako sa ulo. Pakiramdam talaga nya ang talino nyang tao. Binatak na naman nya ko sa kwelyo ng damit at pilit pinasakay sa tricycle.

Pakiramdam ko magkakasakit ako sa tiyahin ko na to.

Lahat nalang ata ng kalapit na barangay at bayan napuntahan na namin. Muntik pa kaming mapa-away dahil sa ingay ng bunganga nitong kasama ko.

Madilim na ang langit ng maisipan naming kumain ng miryenda. Buti nalang at may dala akong pera. Nakakahiya dito sa Tita kong ang lakas ng loob umarkela ng tricycle wala naman pa lang pambayad.

Nasa plaza kami ngayon at nakaupo sa plant box na basura ata ang tanim at hindi halaman. Wala talaga akong gana kumain kayalang

malakas talaga ang trip nitong kasama ko. Balak pa ata akong salaksakin ng stick sa lalamunan.

"**Kainin mo yan! Kumain ka!**" Sabi nya at pilit pinakain sakin ang fishball sa stick.

Napangiwi nalang ako sa kabrutalan nya. Wala talaga syang awa. Minsan iniisip ko kung pakawala ba sya ng kadiliman.

"**Nasan na kaya ang batang yon?**" Wala sa sariling sabi nya. "**...Malamang natatakot na yon at namamalipit sa pag-iyak.**"

Kung totoo nga ang sinabi nya na binalak ni Jay-jay na pumunta kila Lola bakit hindi sya nakarating? Hindi kaya—hindi! Wag naman sana.

Napatingin kami sa grupo ng mga batang naghahabulan. Ang dudumi nila at nalalapit na sa pagiging taong grasa.

"**Hindi kaya naging taong grasa na si Jay-jay?**" Sabi ni Tita at napatingin ako sa kanya.

Lahat ng posibleng mangyari kay Jay-jay nabanggit na nya kanina. Ngayon naman ang pagiging taong grasa. Nalamutak ko nalang ang muka ko sa inis.

Narinig ko ang pagtunog ng cellphone nya. Tinignan nya yon at nagpipindot.

"**Tara na... Hinahanap ka na ni Kuya mong tukmol.**"

Tukmol?

Tumayo na sya at ganun na din ako. Binabaybay namin ang bangketa ng mapatingin ako sa kabilang daan. Merong bata na naka-upo sa tabi ng basurahan, tulala at hindi gumagalaw.

Pinagmasdan ko yon at ganun nalang ang gulat at tuwa ko ng makilala ko sya.

"**SI JAY-JAY!**" Sigaw ko habang nakaturo sa kabilang daan.

Tumawid ako ng hindi hinihintay si Tita. Sunod-sunod ang busina ng sasakyan dahil sa ginawa ko.

Paglapit ko, niyakap ko agad sya.

"**Jay! Anung nangyari sayo? Kung saan-saan ka namin hinanap!**" Sabi pero hindi man lang sya gumagalaw.

Nanatili syang nakatulala at nakatingin sa kung saan.

"**ARIES! SIRA ULO MO!**" Galit na sigaw ni Tita habang palapit sakin. "**PAPAKAMATAY KA BA?**"

Tumigil sya sa harapan namin at pinagmasdan ang katabi ko.

"**Si Jay-jay! Nakita ko na sya!**" Sabi ko.

Kinuha ni Tita ang cellphone nya sa bulsa at tinawagan ang kung sino sa bahay.

"**It's clearly a sign of Traumatic disorder. Dissociative amnesia can sometimes experience by the victim.**" Sabi ng doctor kay Lola.

Lahat kami ay nabigla ng sabihin nyang hindi nya maalala ang nangyari. Nagbigay din ng pangalan si Lola pero hindi rin nya kilala.

Pero mukang normal lang naman yon sabi ng Doctor.

"Hanggang kelan po sya ganyan?"

"Dipende po sa patient pero suggested ko po na dalin ang bata sa child psychology para sa treatment ng trauma."

Sandali pa silang nag-usap tungkol sa mga pwedeng gawin. Pinili kong puntahan si Jay-jay sa loob ng kwarto. Kasalukuyan syang naka-upo at merong inaabot sa likod.

"Anung ginagawa mo?" Tanong ko sa kanya.

"Anu tong ginamot nila sa likod ko?"

Meron syang malaking sugat sa likod. Gawa daw yon ng Amahin nya. Pinaso ng mainit na plantsa.

"M-meron kang sugat."

Pilit nyang inaabot ang likod. **"Saan ako nasugat? Bakit hindi ko alam?"**

Lumapit ako at kinuha ang kamay nya. Pati yun puro gasgas at pasa. Maswerte lang talaga sya at nakayanan pa ng murang katawan nya ang lahat.

"Maalala mo din. Magpahinga ka muna para mabilis kang makalabas ng ospital."

Nakasimangot syang humiga patagilid.

"Nasan si Mama?" Tanung nya na nagpatigil sakin.

Ang totoo, hindi ko din alam kung nasan sya. Simula ng umuwi kami dito hindi ko pa sya nakikita. Ang huli ko lang balita sa kanya ay yung nasa presinto sya.

"Hindi ko alam. Baka papunta na dito. Sasabihin ko kay Mama na tawagan sya."

"Sige. Salamat." Sagot nya at ipinikit ang mga mata.

Kung nasan man sya sana nga pumunta sya dito at kamustahin si Jay-jay.

Dahil sa nangyaring insidente, kila Lola na tumira si Jay-jay. Sya na ang mag-aalaga sa kanya para masiguro na matututukan ang kalagayan nya. Sana lang maging maayos sya don, nag-alala pa rin ako sa kanya. Idagdag pang kasama nya yung Tita naming galit ata sa mundo.

"Ang tahimik mo. Nata-tae ka no?" Tanung ni Percy na nagpa-ngiwi sakin.

Here we go again.

"No." Diretsong sagot ko.

"Nahiya ka pa. Sabihin mo na. Satin-satin lang naman yan eh."

"Hindi nga. Kulit!"

"**Okay lang yan, ihahanap kita ng pu-pwestuhan.**" Nakangiting sabi nya at tumingin sa paligid.

Napasampal ko nalang ang noo ko. Kapag talaga sya ang nagsalita, madalas sumasakit ang ulo ko.

"**Anu'ng hinahanap nyan?**" Tanong ni Yuri habang nakasakay sa bike nya.

"**Hinahanap nya yung utak nya.**" Walang buhay na sagot ko.

"**I thought you're out of town.**" Si Keifer na kakarating lang din.

"**Kakauwi lang namin.**"

"**Kamusta yung pinsan mo. Anu nga pangalan non?—Jason? Jay-ar?**" Tanung ni Yuri.

"**Jay-jay.**"

"**Boy or a girl?**" Si Keifer na parang interesado talaga.

Napataas ang isang kilay ko. Mabilis syang magka-interest kapag babae. Wala akong planong ipakilala sya sa kanya.

"**Basta!—**" hindi ko na natapos ang sasabihin ko dahil sa biglang pagsulpot ni Percy sa harap namin.

"**Naihanap na kita. Tatabunan mo nalang pagkatapos.**" Sabi nya.

"**Ha?**" Sabay-sabay na sagot naming tatlo.

"**Diba nata-tae ka?**" Tanong nya sakin.

Napailing nalang ako sabay talikod. Sumunod naman sakin yun tatlo. Marami kaming pinag-usapan pero madalas tungkol kay Keifer at sa pamilya nya.

Nagkaroon na din ng lakas ng loob ang Mama nya na iwan ang Papa nya. Ang tindi din ng dinanas nila. Pero mas matindi pa rin yung kay Jay-jay.

"**Hindi nga pala ako sasama sa inyo next week.**" Sabi ko.

"**Bakit Pre?!**" Gulat na sabi ni Percy. "**...Hindi pwede! May usapan tayo sa araw na yon!**"

Oo nga pala.

Balak ko pa naman na umuwi kila Lola. Mas madalas ko sana syang dadalawin para masiguro na ayos sya. Sa susunod nalang siguro, atleast once a month mabisita ko sya. Tapos uuwi ako sa bakasyon.

"**Ano?! Hindi ka pwede mawala don.**" Pagpipilit ni Percy.

"**Oo na. Sasama na.**"

Hindi nasunod ang plano ko. Hindi ko nadalaw si Jay-jay at may dalawang bakasyon na ang dumaan na hindi ako umuwi kila Lola.

Kapag talaga kasama ko ang tatlong to, nakakalimutan ko yung mga dapat kong gawin. Pati mga assignments at projects ko sa

school. Buti pa si Yuri, hindi kawalan sa kanya kung makalimutan nyang gawin yun. Mabilis syang nakakabawi sa mga quizzes at exams.

"**Have you seen Percy?**" Bungad sakin ni Keifer paglabas ko ng room.

"**Hindi. Bakit?**"

"**Lukong yon, ayaw ipakilala sakin yung Freya.**"

Napataas ang isang kilay ko. *Freya Hidalgo?* Mukang alam ko na kung nasan sya.

"**Tara sa court.**" Aya ko at sumunod naman sya.

Hindi kalayuan ang court sa room namin. Medyo malapit na kami ng makita ko si Percy na nakikigulo sa mga kalalakihan. Parang meron syang sinisilip kagaya ng iba.

"**Percy!**" Tawag ko at tumingin naman sya sa gawi namin.

Para syang nataranta at hindi malaman ang gagawin.

"**What are you do—hey!**" Sigaw ni Keifer ng itulak nya kami palayo.

"**Kain tayo miryenda sa labas. Libre ko! Asan na ba si Yuri?**" Sabi nya at pilit kaming pinapalayo sa court.

Bakit ba parang ayaw nyang ipakita samin yung tinitignan nya? Alam ko naman si Freya yun. Sayang, hindi ko pa naman sya nakikita. Gusto ko din sana syang makilala.

"Saan ka mag-highschool?" Tanung ni Yuri sakin.

"Sa pinasukan ni Kuya."

"Alin don? Marami'ng pinasukan ang Kuya mo." Nakatawang sabi nya.

Natawa din ako. Palipat-lipat ng school si Kuya. Lagi kasing napapa-away at pilit inaayos ni Mama ang buhay nya. Sayang lang naman effort nya.

Kinailangan naming umuwi kila Lola. Napag-alaman namin na umuuwi pala si Kuya don ng hindi namin alam. Sya daw kasi ang pinapa-punta ni Lola sa school para harapin ang mga kinasangkutang gulo ni Jay-jay.

Nabigla ako ng aminin nya samin ang mga ginagawa ni Jay-jay. Minsan ng nakarating sakin na nakikipag-away sya pero hindi ko alam na umabot sa ganitong sitwasyon.

Naka-upo sya sa sofa habang nakataas ang tuhod kapantay ng muka

nya. Nakayuko at parang walang kausap sa harap nya.

"**Nakikinig ka ba?!**" Galit na tanong ni Kuya.

Hindi sya sumasagot. Napatingin sya sakin sandali at bumalik sa pagyuko.

"**Kababae mong tao, nakikipag-suntukan ka! Nag-iisip ka ba?**" Dagdag ni Kuya.

Kung tutuusin, halos pareho lang kami ni Jay-jay ng sitwasyon. Sangkot sa iba't-ibang away pero pinag-kaiba namin, meron akong tatlong kasama sa kalokohan.

"**Pagpahingahin mo muna siguro ang bata.**" Sabi ni Mama.

Hindi pa nakakapag-salita si Kuya ng biglang tumayo si Jay-jay. Dire-diretso syang naglakad papunta sa labas.

"**Hindi pa ko tapos! Get back here!**" Galit na sigaw ni Kuya.

Binalak pa nyang sundan si Jay pero hinarang kagad sya ni Mama.

"**Hayaan mo muna!**"

"**Ako nalang susunod sa kanya.**" Sabi ko at hinayaan naman nila ko.

Akala ko nung una sa daan sya nagpunta pero nakita ko syang dumiretso sa likod kung saan may malaking puno.

"**Jay!**" Tawag ko sa kanya pero hindi nya ko pinansin. "**...Jay!**"

Lumingon sya na may salubong na kilay pero agad ding umiwas.

"**Himala, umuwi ka dito?**" Sarcastic na tanong nya.

Ang daming nagbago sa kanya pero may isang bagay na nanatili. Kilos lalaki pa rin sya kahit babae'ng-babae ang itsura nya.

"**Galit ka ba sakin?**"

"**Hindi. May dahilan ba ko para magalit sayo.**"

Mali ang tanong ko. Halata namang may galit sya sakin. Dahil siguro yun sa huling usap namin at sa hindi ko pagdalaw sa kanya nitong mga nakaraan.

Napatingin ako sa bola ng basket ball sa sulok. Kinuha ko yun at nag-dribble.

"**Tara... Laro tayo.**" Aya ko.

Mabilis syang humarap sakin at inirapan ako. "**Hindi na tayo bata para maglaro. Ikaw ang nagsabi nyan sakin tapos ngayon makikipag-laro ka. Joke ba yan?**"

I think I remember it now.

Yun yung huling usap namin na niyaya nya kong maglaro sa labas. Wala talaga ako sa mood kaya ganun ang nasabi ko sa kanya. But i didn't mean it.

"**Ahh yun ba? Anu—.**"

"**Libre mo nalang siguro ako.**" Putol nya sa sasabihin ko.

Nag-angat ako ng tingin sa kanya. Nakatingin sya sa ibang direksyon pero naiintindihan ko naman. Binitiwan ko ang bola at dumukot sa bulsa ko ng pera.

"**Tara....**"

Para makabawi kay Jay-jay pinili ko nalang na dito mag-celebrate ng birthday. Hindi ko mapigilan na hindi mapangiti. Akala nya kasi 13th birthday ko palang. Hindi nga pala nya alam na tinama na ang birthday ko. Pang-14th ko na ngayon.

Mamaya ko nalang siguro sasabihin sa kanya yon.

"**May tanong ako sayo.**" Sabi nya habang kumakain. "**...may kapatid daw akong lalaki. Totoo ba yon?**"

Natigilan ako at unti-unti'ng napatingin sa kanya. Hangang ngayon hindi pa rin malinaw sa kanya kung ano nya ko. Hindi ko mapigilan na hindi malungkot.

Ako yung kapatid mo.

"**Totoo nga?**" Tanong ulit nya.

"**O-oo... Mas matanda sya sayo.**"

"**Kala ko kambal kami. Ikaw pa naman yung nasa isip ko.**" Sagot nya at pinagpatuloy ang pagkain.

Pero ako talaga yon.

["*Pre! Bakit hindi ka dito mag-celebrate?!*"] Sigaw ni Percy mula sa kabilang linya.

"**Wag ka sumigaw.**"

["*Pero bakit?! Ayos na ang celebration! Planado na! Iinom tayo!*"]

"Baka minor pa tayo."

["*Sige na! Ang hina ko naman sayo! Tapos diba marunong ka na mag-drive?*"]

Napabuntong hininga ako. Mukang alam ko na ang balak nila. Minsan na naming tinakas ang kotse ni Kuya pero si Yuri lang ang kasama ko non. Mukang naikwento na sa kanya yung ginawa namin.

"Wala pa kong license."

["*Ayos lang yan. Pag-uwi mo, tawag ka kagad sakin.*"]

Hindi na nya hinintay ang sagot ko. Basta nalang pinatay ang tawag ng luko. Pagbaba ng telepono, napatingin ako sa bintana. Nasa gate si Jay-jay at parang may kausap na lalaki.

Lumabas ako at lumapit sa kanya. Mabilis na nagsalubong ang kilay ko ng makita ko kung sino sya. Hindi ako pwedeng magkamali—sya yung sumusunod sakin na naka-kotse.

"**Jay-jay!**" Tawag ko pero bago pa man sya makaharap sakin tinakpan na ng kausap nyang lalaki ang bibig nya sabay bitbit sa kanya. "**Bitiwan mo sya!**"

Sinubukan kong lumaban at tulungan si Jay pero isang lalaki pa ang bumitbit sakin na parang laruan. Pilit nila kaming pinasakay sa isang Ban.

"**Sino kayo?!**" Sigaw ni Jay-jay pagpasok namin sa sasakyan.

"**Ano bang kailangan nyo?!**" Tanong ko.

Umandar ang sasakyan ng wala man lang kaming nakukuhang sagot. Hindi ko maintindihan. Sino ba talaga ang lalaking to? Bakit ba lagi nalang syang sumusunod sakin?

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 243

A/N: Pinapahirapan pa rin ako ng Astigmatism ko. Kahit panonood ng TV nahihilo ako. Hindi rin ako makaharap ng maayos sa phone.

Unsatisfied talaga ako sa part ni Aries. Parang may kulang. Sa mga naghahanap kay Keifer, busy! Hahahahahahahaha... Malapit na. Kaunting tiis.

Connection is too slow. No dedication for this and next chapters.

Basement

Aries's POV

****ContinuationOfFlashback...****

"**Aries...**" Pabulong na tawag sakin ni Jay-jay.

Dinilat ko ang mga mata ko pero sobrang dilim at wala akong makita. Malamig ang likod ko at dun ko lang napagtanto na nakahiga ako sa sahig. Unti-unti akong bumangon.

"**Jay... Asan ka?**"

May humawak sakin sa braso. "**Aries.**"

Alam kong sya yon. Kinuha ko ang kamay nya at hinatak sya palapit sakin. Niyakap ko sya ng mahigpit.

"**Nasan tayo?**" Nanginginig ang boses nya. "**Saan tayo dinala nung mga lalaki?**"

Wala na kong masyadong maalala sa nangyari. Dahil sa pagwawala ko kanina pinatulog nila ko gamit ang panyo na may kakaibang amoy. Hindi ko nga lang alam kung anong ginawa nila kay Jay-jay.

"**Sinaktan ka ba nila?**"

"**H-hindi...**"

Natatakot ako. Natatakot ako sa mangyayari samin. Ramdam ko din na ganun si Jay pero pilit nyang tinitibayan ang sarili.

Sobrang tahimik at tanging paghinga lang namin ang naririnig ko. Idagdag pa ang malakas ng tibok ng puso ko. Para akong mawawala sa sarili dahil sa lugar na to.

"**May bintana.**" Sabi ni Jay-jay.

Tinignan ko ang tinuro nya. Meron ngang maliit na bintana pero masyadong mataas. Halos nakadikit na sa kisame.

Dahil din sa bintana na yon kaya may pumasok na liwanag sa loob. Umaga na at don lang din naging malinaw kung nasan kami.

Kamuka ito ng basement namin sa bahay. Tambak ang mga gamit, merong sofa set na mukang matanda pa sakin. May mga kahon ng damit at kung anong gamit. Whole body mirror at lumang tv na mukang hindi naman gumagana.

"**Abot mo ba?**" Tanong nya sakin.

Sinubukan kong sumampa sa mga kahon para abutin pero nakarinig kami ng maingay na bakal. Sinundan yon ng yabag at tunog ng susi.

Dali-dali akong bumaba at lumapit kay Jay. Tinago ko sya sa likod ko at hinintay yung kung sino mang papasok sa loob.

Bumukas ang pinto at bumungad sakin ang lalaking sumusunod sakin. Meron syang dalang tray na puno ng pagkain at isang galon ng tubig.

"**Pagkain nyo.**" Sabi nya bago isara ang pinto sa likod nya.

Nilapag nya yon sa ibabaw ng lumang coffee table at naupo sya sa sofa sabay taas ng paa. Pasimple nyang tinuro yung tabi nya para paupuin kami.

"**Upo na... Kumain na kayo.**" Walang gana nyang sabi.

"**Sino ka ba?**" Tanong ko.

Bahagya syang ngumiti at pasimpleng tinuro ang salamin. Hindi ko maintindihan. Anung meron sa salamin?

"**Bakit hindi mo tignan?**" Sabi nya.

Nagtinginan kami ni Jay-jay pero bago pa man ako makahakbang meron na syang binulong na nagpatigil sakin.

"**Magkamuka kayo.**"

Malakas at mabilis ang naging tibok ng puso ko. May kung anung mga bagay ang umiikot sa utak ko at lahat ng yon tumuturo sa lalaking to.

Posible kayang.....hindi!

"**Aries.**" Tawag nya sakin at tumayo. "**...Magkapangalan tayo.**"

Napaatras ako at ganun din si Jay. Lumipat sya ng pwesto at humakbang palapit sakin.

"**Sineryoso talaga ng Nanay mo yung sinabi nya. Hindi talaga nya ko pinakilala sayo.**"

Napalunok ako ng unti-unti syang magseryoso at lumipat ang tingin nya kay Jay-jay na nasa likod ko.

Pilit ko syang tinago sa likod ko na bahagya naman nyang ikinatawa.

"**Babalik ako dito, pakabusog kayo.**" Sabi nya at tumalikod samin.

Lumabas sya ng pinto at narinig ko na naman yung tunog ng mga susi. Kasunod ang tunog ng bakal na tumama sa pader.

Hindi ko maiwasan na hindi manlambot. Ni minsan hindi ako naghanap ng Ama dahil buong akala ko patay na sya.

Araw ang lumipas pero andito pa rin kami ni Jay-jay. Hindi ko alam kung gumagawa na ba ng paraan sila Mama para mahanap kami.

"**Tigilan mo na yan.**" Sabi ko kay Jay-jay.

Lahat na yata ng tambak na kahon nabuksan na nya. Ginamit lahat ng pwedeng gamitin para basagin yung maliit na bintana at para mabuksan ang pinto. Namaos na rin ang boses namin kakasigaw ng tulong.

But nothing happens. We're still stock here.

"**Jay! Nagkakalat ka lang.**"

Napatingin ako sa kanya ng hindi na sya sumasagot. Kumpol-kumpol na kahon ang tangi kong nakita pero wala sya.

"**Jay?**"

Tumayo ako mula sa sahig at lumapit sa kaninang pwesto nya.

"**Jay? Ano ba-?**" Napatigil ako ng makita sya sa loob ng malaking kahon.

Nakatulog na pala sya kaya pala hindi sya sumasagot. Nakabalot sa kanya ang ilang damit bilang kumot. Kanina pa naman kasi sya nagkakalat kaya siguro napagod na.

Lagi kong sinasabi na makaka-uwi din kami pero parang hindi naman yun yung mangyayari. Ayokong mawalan ng pag-asa.

Habang pinag-mamasdan si Jay bigla nalang akong nagkaroon ng ideya. Mabilis kong inayos yung mga kahon at binalik yung mga kinalat nya. Binalik ko din sa pagkaka-ayos ang lahat.

Sana lang gumana to!

Kagaya ng inaasahan ko, nagdala na naman sya ng pagkain. Tinakpan ko ang bibig ni Jay para masiguro na hindi sya gagawa ng ingay.

Pagbukas ng pinto, ilang yabag ng paa ang narinig ko.

"**Mga bata! Kakain na!**" Tawag nya samin na parang nagtatawag ng anak sa lansangan.

Sumipol pa sya at bahagyang naglakad-lakad. Narinig ko din na binuksan nya yung pinto ng maliit na banyo. Narinig ko na naman

ang mga hakbang palapit sa pwesto namin. Pati ang pagtabig sa ilang kahon at unti-unti bumibilis yon.

"**Putang'na! Nakatakas pa yata!**" Sigaw nya at nagtatakbo paalis.

Hindi ko narinig na sinara nya yung pinto kaya agad akong lumabas kasunod si Jay-jay. Kagaya ng inaasahan ko, iisipin nya na nakatakas kami.

"**Tingin mo... umalis na sya?**" Tanung sakin ni Jay.

Nag-nod ako bilang sagot kahit sa totoo lang hindi ako sigurado. Naglakad ako papunta sa pinto at sumilip sa labas non. Sementadong hagdan ang bumungad sakin.

"**Mauuna ako.**" Sabi ko sabay hakbang sa baitang.

Dahan-dahan ang bawat kilos ko at ng makarating sa pinaka-taas, bakal na pinto naman ang nakita ko-mukang eto yung bakal na naririnig namin tuwing dadalhan nya kami ng pagkain.

Nakabukas din yon. Sumilip muna ako at ng masiguro na walang tao sa paligid sinenyasan ko si Jay na lumapit pero mukang hindi na kailangan dahil paglingon ko nasa likod ko na sya.

"**Sorry, hindi na ko nakapag-hintay.**" Sabi nya sabay ngiti.

Dahan-dahan kaming lumakad palabas. Malawak na hallway ang kinalalagyan namin. Wala akong naririnig na kahit ano kaya malakas ang loob ko na maglakad ng maglakad. Sumilip ako sa pinakamalapit na bintana.

"**Asan tayo?**" Bulong sakin ni Jay.

Umiling ako. "**Hindi ko alam.**"

Malawak na taniman ng tubo lang ang nakikita ko. Kung hindi ako nagkakamali nasa loob kami ng malaking bahay at pinagkulungan samin ay basement.

Lumingon ako sa paligid. Hindi ako sigurado sa pupuntahan namin. Hindi ako makapag-isip ng maayos. Ang bilis ng tibok ng puso ko at

para akong mababaliw sa bawat oras na tumatagal kami dito.

Pagkakataon na naming makatakas pero ngayon pa ko hindi nakapag-isip ng maayos. Natataranta ako.

Mag-isip ka Aries!

"Aries... m-may para....parating." Nanginginig na sabi ni Jay.

Mas lalu akong nataranta. Tumingin ako sa paligid na pwedeng pagtaguan pero puro pader lang ang nakita ko. *Damn it!* Wala akong choice kundi tumakbo papunta sa kung saan. Hatak-hatak ko si Jay at hindi binibitawan.

Lumiko kami sa pwedeng likuan, umakyat sa hagdan at pumasok sa kung saang silid. Hindi ko na alam kung nasan kami. Habol ang hininga napilitan akong huminto. Umiikot ang paningin ko dala ng pagod at gutom.

"Aries! May pintuan!" Buong galak na sabi nya habang nakaturo sa hindi kalayuan na pinto.

Walang dalawang isip na tumakbo ako palapit don pero bago ko pa mahawakan ang doorknob, napabitaw sakin si Jay. Nilingon ko sya at napahinto ako. Nakita nya kami!

Hawak si Jay at may nakatutok na kutsilyo sa leeg. Galit na galit sya habang nakatingin sakin.

"Hanap ako ng hanap sa inyo!"

Malakas na sampal ang nagpatumba sakin. Namanhid ang muka ko at nahirapang kumilos.

"**Mautak kang bata ka! Pero hindi mo ko malalamangan!**" Galit na sabi nya. "**...handang magbayad ng malaki ang umampon sayo, kaya bakit kita papakawalan?**"

Yun lang ang lahat ng ito? Pera? Inilayo nya kami sa pamilya namin para sa pera? Para saan pa't nagpakilala sya sakin kung yun lang naman pala talaga ang target nya.

"**At ikaw!**" Tukoy nya kay Jay na nasa likuran nya hawak ng isa pang lalaki. "**...ikaw ang pagbabayarin ko sa kalokohan ng Nanay nyo sakin!**" Dagdag nya at sinabunutan si Jay.

"**Bitiwan mo ko!**" Sigaw nya.

"**B-bitiwan mo sya!**" Sigaw ko habang pilit tumatayo.

Narinig ko ang pagtawa nya. "**Hahayaan ko kayo ngayon. Kapag nakuha ko na ang pera hindi na kayo ulit magkakasama pa, kaya sulitin nyo na!**"

Pabato nyang tinulak si Jay papunta sakin. Nasalo ko sya pero sabay din kaming bumagsak dahil sa panghihina. Ngumiti sya ng mala-demonyo sakin bago tuluyang umalis kasama ng isa pang lalaki.

Naging tahimik kami sa pag-alis nila pero hindi nagtagal narinig ko

ang paghikbi ni Jay. Umiiyak sya at hindi ko na rin napigilan ang hindi maiyak dahil sa sitwasyon namin.

Napakahina ko, hindi ko man lang mapagtanggol si Jay-jay. Ako ang Kuya nya ako dapat ang masasandalan nya pero ako ang unang sumuko saming dalawa.

Wala akong kwenta.

"**G-gusto ko ng u-umuwi.**" Sabi nya.

Yun din ang gusto ko pero hindi ko alam kung panu.

"**Sorry.**" Ang tanging nasabi ko.

"**Walang mababago ang sorry mo.**"

Natigilan ako sa sinabi nya. Unti-unti akong bumangon at tinignan sya na puno ng pagtataka.

"**Alam kong masama ang loob mo pero wag ka namang magsalita ng ganyan.**"

Bumangon sya at tinignan ako ng masama. "**Anung gusto mong sabihin ko? 'Magiging okay din ang lahat' kahit hindi naman talaga, yun ba?**" Pinunasan nya ang mga luha. "**...paulit-ulit ko nalang naririnig yan pero hindi naman talaga nagiging okay ang lahat!**"

"**Gusto mo talagang marinig ang totoo? Oh sige! 'HINDI TAYO MAGIGING OKAY!' Yan! Masaya ka na?!**"

Hindi ko alam kung ilang oras na kong gising pero hindi ako mapakali. Kakaiba ang pakiramdam ko. Natatakot na ko noon pa pero mas natatakot ako ngayon sa hindi ko alam na dahilan. Humihigpit din ang paghinga ko kahit wala namang sumasakal sakin.

Madilim na at tanging ang liwanag na tumatagos sa bintana ang liwanag namin. Merong bumbilya sa kisame pero mukang nasa labas ang switch non.

Mahimbing ang tulog ni Jay sa tabi ko. Naiinggit ako sa kanya dahil nagagawa pa nyang matulog sa kabila ng sitwasyon namin. Hindi pa nya ko kinakausap matapos ang huling away namin.

Gusto ko ng maka-alis dito. Panu kung totoo nga na paghihiwalayin nya kami? Anu ng mangyayari samin non? Kay Jay-jay?

Narinig ko ang bukas ng bakal na pinto mula sa labas. Alam kong parating sya kaya agad kong ginising si Jay.

"**Anu ba?!**" Inis na sagot nya sakin at tinalikuran ako.

"**Jay! Bumangon-.**" Hindi ko na natapos ang sasabihin ko dahil sa biglaang pagbukas ng pinto.

Meron syang dalang posas at panyo. Mabilis ang bawat hakbang nya palapit sakin kaya napatayo ako at napasandal sa pader sa likod ko. Tulog pa rin si Jay at parang walang naririnig.

"**Oras na... malaki ang binayad sakin ng Angelo na yon.**" Nakangiting sabi nya.

Ako lang ang ibabalik nya? Panu na si Jay? Hindi sya pwedeng maiwan dito.

"Hindi! Ayoko! Hindi ko iiwan si Jay dito!" Sigaw ko sa kanya.

Bigla nalang nyang hinawakan sa braso at pilit hinatak palayo kay Jay. Sinusubukan nyang ikabit sakin yung posas. Nagpumiglas ako ng nagpumiglas.

"Bitiwan mo ko!"

"Wag ka na lumaban!"

"Hindi ayoko!"

Hindi ko na napigilan ng isuot nya ang posas sa isang kamay ko. Nataranta ako at napasigaw.

"Shit! Jay-jay!"

"Tumahimik ka!" Sabi nya at tinangkang takpan ang bibig ko.

"No!"

Pareho kaming natigilan ng makarinig kami ng busina ng sasakyan. Tumingin sya sa pinto at parang natakot.

Nakuha ko agad na hindi nya inaasahan ang busina ng sasakyan na yon. Pwedeng hindi galing sa mga kasama nya yon.

May ibang tao!

"Help! Somebody help us!"

"Tumahimik ka sabi!"

"Kuya Angelo! Mama!"

"Bwisit ka!" Galit na sabi nya at sinampal ako.

"Jay! Wake up please!"

Hindi ko na ininda ang sakit. Mas mahalaga sakin na makaligtas sa lalaking to. Inabot nya ang isang kamay ko para ikabit ang isang bahagi ng posas pero bigla nalang may tumulak sa kanya palayo sakin. Hindi malakas pero sapat para magkahiwalay kami.

"**Anu'ng ginagawa mo kay Aries?!**" Galit na tanong ni Jay-jay.

Akala ko hindi na sya babangon. Kailangan kong maka-isip ng paraan para hindi sya maiwan dito.

Dinuro nya si Jay. "**Wag ka maki-alam!**"

Bago pa ulit sya makalapit sakin tinulak na naman sya ni Jay pero hindi sapat yon. Hinawakan nya sya braso at parang laruan na tinulak sa kung saan.

"**Jay-jay!**" Sigaw ko at lumapit sa kanya.

Hindi ko pa man sya nakikita ng maayos, hinatak na ko ng halimaw palayo. Pilit ulit nyang sinusuot ang posas sa isang kamay ko.

"**Bitiwan mo si Aries!**"

Jay-jay!

Dinamba nya kami at pilit hinatak ang kamay ko palayo sa posas. Panay din ang hampas nya sa kamay ng isa. Kinuha ko ang pagkakataon para lumaban. Sinipa ko sya kung saan-saan na ini-inda naman nya.

"**Ano ba?! Tumigil kang bata ka!**"

"**Bitiwan mo sabi si Aries!**"

"**Bitiwan mo ko! Hindi ako aalis ng hindi kasama si Jay!**"

May kung anung pumasok sa isip ko at sinipa sya sa pag-aari nya. Napaluhod sya sa sakit pero nakahawak pa rin samin. Walang sinayang na oras si Jay at kinagat ang braso nya. Naging mas malakas ang pagsigaw nya dahil sa doble ng sakit.

Nakabitaw ako pero hindi si Jay-jay at sa bilis ng pangyayari tanging pagkurap nalang ng mata ang nagawa ko. Sinampal nya ng buong lakas si Jay at tumilapon malapit sa pinto. Kitang kong tumama ang ulo nya pero hindi ko alam kung napuruhan sya.

"**JAY!**" Sigaw ko at akmang lalapit pero kusa din syang bumangon.

Hawak nya ang ulo nya na humarap sakin. May umaagos na dugo don at hindi maganda ang itsura nya.

Hindi na ko nagdalawang isip na lapitan sya. Tinignan nya ang kamay nya at bigla nalang syang nanginig sa takot.

"A-ang daming d-dugo!"

Kinuha ko sa sahig yung panyong dala nung halimaw na dapat ay gagamitin sakin. Pinantakip ko yon sa sugat nya sa ulo.

"**Wag ka m-matakot... Gagamutin natin yan.**" Sabi ko at tumingin sa paligid.

Namamalipit pa rin sa sakit ang halimaw. Magandang pagkakataon sana para maka-alis kami pero natataranta ako sa nangyayari. Kailangan patigilin ang pagdurugo ng sugat nya.

Naging sagabal ang posas sa kamay ko kaya inuna kong tanggalin yon. Hindi ganun kahigpit kaya nailusot ko ang kamay ko ng walang kahirap-hirap. Iniwan ko yon sa tabi ni Jay.

Tumayo ako lumapit sa mga kahon. Nagbabakasakali na may magamit ako para sa sugat. Halos maibato ko na ang lahat ng gamit pero wala pa rin akong makita. Nasabunutan ko na ang sarili ko.

Anung gagawin ko? Baka mapano si Jay.

"**Hoy bata.**" Tawag sakin nung halimaw habang dahan-dahang tumatayo.

Hinanda ko na ang sarili ko para labanan sya. Hindi na ko magpapakain sa takot. Kailangan kong protektahan ang kapatid ko. Napatingin ako sa likod nya ng makita kong tumayo si Jay. Hawak ang posas sa kanang kamay nya.

Mukang napansin nung halimaw ang tinitignan ko kaya tinignan din nya at saktong paglingon nya ang ang pagtama ng posas sa panga nya. Sinuntok sya ni Jay habang suot ang posas sa kamao na parang brass knuckles.

Bumagsak sya kasabay ng pag-agos ng dugo nya mula sa panga at

leeg. Nalaslas ang balat nya dahil sa posas. Napa-atras ako. May mali!

Bakit ganito si Jay?

Halo-halo ang emosyon nya. Galit sya pero andun pa rin ang takot at parang walang buhay ang mga mata nya.

Dahan-dahan akong lumapit sa kanya. **"J-jay?"**

Lumipat sakin ang tingin nya. Hindi ko maintindihan ang nangyayari sa kanya. Kanina lang hindi sya makagalaw dahil sa mga dugo na galing sa kanya pero ngayon parang wala syang ini-inda. Hahakbang pa sana ako ulit palapit ng marinig ko ang halimaw na magsalita.

"H-hayop kang b-bata ka."

Pinipilit nyang tumayo. Tuloy-tuloy ang labas ng dugo sa panga nya. Namumutla na sya at parang anu mang oras babagsak na.

Nakarinig kami ng tunog ng serine. Alam kong sa police galing ang mga yon at mukang nasa malapit lang sila. Binalik ko ang tingin ko sa halimaw at gumagapang na sya palayo.

Hinarap ko ulit si Jay pero laking gulat ko ng atakihin nya ko gamit ang posas. Napa-atras ako at nakaiwas pero nawalan ako ng balanse. Napaupo ako sa sahig.

"Jay! Anu ka ba?!"

Umiiyak sya at parang merong kinatatakutan. Napaatras ako ng unti-unti syang humakbang palapit sakin. Mabilis nyang tinaas ang kamao para suntukin ulit ako pero naka-ilag ako at tumama yon sa salamin na nasa likod ko pala.

Nabasag ang salamin at mabilis na nagbagasakan ang piraso non. Nabitawan nya ang posas at may nakita akong dugo sa kamao nya. Mukang nasaktan sya.

"Jay. Anu bang...."

Meron syang binubulong pero hindi ko marinig ng maayos. May mga salita syang sinasabi pero hindi ko mabuo.

"**S-sasaktan….**" ang isa sa sinabi nya.

Napaluhod sya habang hawak ang kamay na may dugo.

"**W-wag…**" bulong ulit nya.

"**Jay.**"

Sinubukan kong lumapit sa kanya pero naging mabilis ang kamay nya na dumampot ng piraso ng salamin. Walang pagdadalawang isip na isa-saksak nya sakin yon. Naisangga ko ang braso kaya don tumama yon.

"**Argh!**" Sigaw ko ng maramdaman ang hapdi.

"**Sasaktan mo din ako. Lahat kayo.**" Sabi nya habang umiiyak.

"**H-hindi. Hindi ko gagawin yon.**" Halos nagmaka-awa na ang tinig ko sa kanya.

Humakbang na naman sya palapit sakin. Hindi na ko maka-atras. Muli na naman nya kong inundayan ng saksak. Hindi ko na nagawang salagin pa. Tumama yon sa ibaba ng kaliwang dibdib ko.

Malakas ang naging pagsigaw ko. Hinawakan ko ang braso ni Jay para pigilan sya pero naramdaman ko ang pagbaon pa lalo ng hawak nya sa laman ko.

"**JAY! WAG!**"

Parang pinupunit ang balat at laman ko.

Hindi ko na kakayanin pa kaya kahit labag sa loob ko sinipa ko sya palayo sakin. Ramdam kong nabunot ang piraso ng salamin sa laman ko. Masakit! Sobra!

Pero hindi lang yon ang nararamdaman ko. Humihigpit ang paghinga ko at may nalalasan na rin akong dugo sa bibig ko.

"J-jay! Ano b-bang nangyayari sayo?! H-hindi mo ba k-ko nakikilala?"

Umiiyak sya at mahigpit ang hawak sa piraso ng salamin. Unti-unti syang tumingin sakin. Akala ko titigil na sya pero tinaas na naman nya ang kamay nya para saksakin ako.

"Jay-jay! Ako to! WAAAGGG!"

Hindi ko na nagawang salagin pa kaya naramdaman ko na naman ang pagbaon non sa laman ko.

Luma-labo na ang paningin ko. Hindi na ko makahinga at makagalaw. Hangang dito nalang yata ako.

Bakit mo ginawa sakin to Jay?

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 244

A/N: Tinatamad talaga ako kapg mga Flashback. Hahahaha lalo na kapg hindi si Jay-jay.

Aries's POV

Cousins for reason

****ContinuationOfFlashback…**

May naririnig ako. Paulit-ulit na beep sound, tapos may kasunod na tunog ng hangin. Unti-unti kong dinilat ang mata ko pero ang labo ng nakikita ko. Sobrang labo!

"**He's awake.**" Dinig kong sabi ng isang babae.

Sinubukan kong igalaw ang tingin ko sa ibang direksyon. Malabo pero may nakikita akong gumagalaw at meron ding liwanag.

Sinubukan kong ibuka ang bibig ko para magsalita pero tuyot ang lalamunan ko. Hindi ako makagalaw ng maayos at kumikirot din ang buong dibdib ko.

"**Check the vitals.**" Sabi ng isang boses lalaki.

Hindi nagtagal, kusa ding nag-adjust ang paningin ko. Naiintindihan ko na. Buhay pa ko at nasa ospital ako. Hindi nagtagal bumalik din sakin ang mga nangyari. Kung bakit ako nasa ospital at kung bakit nahihirapan ako.

Binalak ako'ng patayin ni Jay!

"Successful ang operation, patient is clearly showing a good sign." Sabi ng doctor kay Kuya Angelo.

Hinawakan ko ang parte ng ribs ko—kung saan tumama ang panaksak nya. Parang bangungot yon. Halo-halo ang nararamdaman ko.

"May problema ba Aries?" Tanong ni Mama.

Umiling ako. **"When can I go home?"**

"A week or two from now. Dipende kung makakatayo ka na agad." Sagot ng doctor.

Gusto ko ng lumabas. Kakaiba ang pakiramdam ko sa lugar na to. Ayoko'ng nagtatagal sa ospital. Napatingin kaming lahat sa pinto ng may marinig kaming kumatok. Kusang bumukas yon at pumasok sila Percy, Yuri at Keifer.

Meron silang dalang cake, ice cream at lobo. Nagpaalam na yung doctor at lumabas. Sumunod naman si Kuya sa kanya.

"Hello Tita!" Buong galak na bati ni Percy kay Mama.

"Hello din. Salamat sa pagpunta." Sagot ni Mama sa kanya.

"Pasensya na Tita kung eto lang nadala namin. Hindi kasi namin alam ang mga dapat dalin." Sabi ni Yuri habang binaba ang cake sa lamesa malapit samin.

"Okay lang, mukang kayo lang naman ang kakain nyan. Bawal

pa kasing kumain si Aries." Paliwanag ni Mama at lahat naman sila tumingin sakin.

"**Kawawa ka naman Pre... ako nalang ang kakain ng para sayo.**" Nakangiting sabi ni Percy. "**...kamusta ba ang bagong tule?**"

Agad syang nakatikim ng batok galing kay Keifer. Napansin siguro nya na ang hindi pagbabago ng ekpresyon ko. Hindi ko magawang ngumiti. Hindi ko kaya!

"**Ayos ka lang?**" Tanong ni Yuri sakin.

Dahan-dahan akong nag-nod. "**I-i just woke up.**" *From a nightmare.*

"**I think he need more rest.**" Sabi ni Keifer.

"**H-hindi. Okay lang. Mas gusto kong andito kayo.**"

"**Edi maganda! Tara! Celebrate na yang birthday na yan! Medyo late nga lang.**" si Percy habang binubuksan ang kahon ng cake.

Tinali naman ni Yuri yung mga lobo sa isang bangko pero nag-iwan sya ng isa. Sinindihan ni Keifer yung kandila sa cake.

"**🎶Happy Birthday to you... Happy Birthday to you... Happy Birthday happy birthday... Happy birthday Aries!🎶**" Kanta nila habang nilalapit ang cake sakin.

Nagpatunog pa sila ng torotot at nagpasabog ng confetti. Pinilit kong ngumiti kahit sa totoo lang wala akong nararamdaman na kahit na ano. Namanhid na rin yata ang puso ko.

"**S-salamat.**" Sabi ko at hinipan ang kandila.

Saktong pagtaas ng paningin ko, nakita ko si Jay-jay sa may pinto. Meron syang hawak na regalo habang nakasuot ng patient gown. Pero sa pagkurap ng mata ko ang Jay-jay na may hawak ng piraso ng salamin at puro dugo ang nakita ko.

Napaatras ako at kumirot ang sugat ko dahilan para mataranta sila

Percy.

"**Pre! Ayos ka lang?**" Tanong nya.

"**Tatawagin ko ang doctor.**" Sabi ni Mama at naglakad palabas.

Wala na si Jay ng tignan ko. Unti-unti na rin akong nakahinga ng maayos.

"**O-okay na ko.**" Sabi ko at humiga.

Dumating ang doctor at si Mama. Sinuri nila ko sandali pero nakumbinsi ko naman sila na nagkamali ako ng galaw kaya kumirot ang sugat ko.

Pinauwi ko muna si Mama dahil halatang wala pa syang pahinga. Pumayag naman sya dahil naiwan ang tatlo kasama ko.

Tahimik kong ino-obserbahan si Percy at Yuri na nag-aagawan ng ice cream. May pagkakataon na tumitingin ako sa pinto dahil pakiramdam ko, anu mang oras ay papasok na naman si Jay.

"**Sino yon?**" Tanong ni Keifer kaya napatingin ako sa kanya.
"**...yung babae kanina sa pinto.**"

Nakita nya si Jay-jay.

Umiling ako. "**W-wala.**"

"**Bakit apektado ka?**" Tanong ulit nya.

"**N-nagulat lang ako.**"

Hindi na ulit sya nagtanong pero hindi nya inalis ang tingin sakin na para bang ino-obserbahan ako. Ramdam talaga nya kapag nagsisinungaling sa kanya ang tao.

Hindi ako makatulog. Tuwing ipipikit ko ang mata ko, muka nya ang nakikita ko. Pati ang kamay nyang may dugo hindi rin mawala sa isip ko.

Tinangka akong patayin ng kapatid ko.

"**Aries...**" tawag sakin ni Kuya. "**...what's wrong?**"

"**N-nightmares.**"

"**You have trauma, expect nightmares almost every night.**" Sabi nya at lumapit sa lamesa para kumuha tubig. "**...we can visit a psychiatrist if you want.**"

Inabot nya sakin ang baso na sinalinan nya ng tubig. Uminom ako bago sumagot sa kanya.

"**I don't think that's necessary.**"

Binalik ko sa kanya ang baso. Binaba nya ulit yon sa lamesa at bumalik sa pwesto nya kanina. Humiga ako ng maayos at sinubukang ipikit ang mga mata ko. Sa tuwing bumabalik sa isip ko ang itsura nya parang humihigpit ang paghinga ko.

"**Ang tahimik. Nata-tae siguro.**" Sabi ni Percy.

Akala siguro nya hindi ko alam na ako ang tinutukoy nya. Pasimple ko syang tinignan ng masama.

"**Wag mo asarin. Baka sapakin ka nyan.**" Sabi ni Yuri bago uminom sa in can na hawak.

Ngumiti lang naman sakin ang luko bago sumubo ng fries. Naiinggit ako sa kanila dahil pwede na silang kumain pero ako eto soft food pa rin ang pinapakain.

"**Sa totoo lang, hindi ako nabubusog dito sa kinakain natin.**" Sabi ni Keifer at binaba ang kahon ng pizza sa lamesa.

Naubos ang pizza tapos hindi pa sya busog?

"**Ay hindi talaga nakakabusog ang Pizza.**" Gatong naman ni Percy.

"**Kelan ka pwede lumabas ng Ospital?**" Tanong ni Yuri sakin.

"**Next week daw pwede na.**"

"**Tagal naman!**" Reklamo ni Percy at humiga sa sofa.

"**Bakit nyo natanong?**"

Umiling si Yuri. "**Nakaka-inip kasi dito.**"

"**At nakakagutom.**" Dagdag ni Keifer na naghahanap ng pagkain sa lamesa.

"**You can eat outside. I can take care of myself. I'll call a nurse if something happen.**"

Mabilis na bumangon si Percy. "**Tara na. Okay na yan si Aries.**"

Naglakad na ang luko papunta sa pinto pero bago pa man nya mabuksan pinigilan na sya ni Yuri.

"**Sira ka ba? Aries is a patient we should never leave him here alone.**" Iritableng sabi ni Yuri.

"**Don't treat Aries like a Baby.**" Mabilis na kontra ni Keifer. "**...He can clearly take care of himself.**"

Napabuntong hininga ako. Mukang magta-talo-talo pa sila ng dahil sakin.

"**Sige na. Okay lang ako. Bilisan nyo nalang.**" Sabi ko habang tinataboy sila gamit ang kamay ko.

"**Siguro ka ba dyan?**" Tanong ni Yuri.

"**Oo.**"

Nag-nod si Yuri at tumayo. "**Babalik nalang kami agad.**"

Nag-nod din ako at pinanood silang lumabas ng pinto pero bago pa man magsara ang pinto meron ng pumigil non. Nagsalubong ang kilay ko sa pagtataka.

Unti-unti'ng sumilip ang may gawa. Unti-unti ring sumisikip ang paghinga ko kasabay ng pagkirot ng sugat ko. Uniwas ko ang ulo ko kasabay ng pagpikit ng mata.

"**A-aries...**" tawag nya sakin.

Hindi ako makahinga.

Napahawak ako ng mahigpit sa kumot. Hindi ako makagalaw at parang nasa masikip na lugar ako.

"**Kamusta ka na? Sorry ngayon lang ako nakapunta dito. Lagi kasi akong nahihilo.**"

Kahit hindi ko tignan alam kong palapit sya sakin. Huminga ako ng malalim para pakalmahin ang sarili ko. Dinilat ko ang mata ko at nakita ko si Jay na nakatingin sakin habang nasa tabi ko.

"**Masama ba pakiramdam mo? Gusto mong tumawag ako ng Doctor.**" Tanong nya at mabilis akong umiling.

Napatingin ako sa mga kamay nyang puto benda. May mga marka din ng pasa ang muka nya na alam kong gawa ng kumidnap samin. May bandage din sya sa ulo.

Habang pinagmamasdan sya, dun ko lang napatunayan na hindi ko pala kayang kumalma kapag nasa malapit sya.

"**May bisita ka nga pala no? Nakita ko sila kanina na lumabas.**" Nakatingin sya sa mga pinagkainan ng mga kaibigan ko.

Hindi ako makasagot. Ang bilis ng tibok ng puso ko at pakiramdam ko may mangyayaring hindi maganda kung magtatagal pa sya dito.

"**...nga pala...**" Bigla syang sumeryoso. "**...gusto ko sana'ng itanong kung anu na nangyari sa Papa mo. Wala kasi akong masyadong maalala.**"

Bigla nalang kumirot ang dibdib ko at napahawak ako. Agad na na-alarma si Jay at tinangkang lumapit sakin pero kusang gumalaw ang braso para itulak sya.

"**Don't!**" Sigaw ko sa kanya. "**Don't touch me.**"

"**Aries. Tatawag ako ng Doctor.**"

"**No!**"

Tinignan ko sya at sa hindi ko alam na dahilan, pagkamuhi ang naramdaman ko sa kanya.

"P-please... Jay. Don't come near me. D-don't talk to me, anymore."

Alam kong mali ang ginawa ko. Hindi ko dapat tinaboy si Jay pero anong magagawa ko. Hindi ko kaya kapag malapit sya sakin.

"**Ang tahimik nyo!**" Sigaw ni Percy na umagaw sa atensyon namin.

Maging sila Keifer at Yuri din kasi ay hindi nagsasalita mula ng magkita-kita kami.

"**I'm bored.**" Sagot ni Keifer.

"**I'm tired.**" Si Yuri.

"**I'm thinking.**" Ako.

"**I'm handsome.**" Si Percy.

Halos sabay-sabay kaming napatingin sa kanya kasabay ng pagtaas ng isang kilay. Buti pa sya kaya ng magbiro at ngumiti sa ganitong sitwasyon.

"**Gusto nyong mamasyal?**" Tanong nya. "**...Punta tayong Danger's Hills.**"

Malayo ang lugar na yon dito. Yun yung kalsada na maraming naaaksidente dahil sa pa-curve at pababa na daan. Idagdag pang madilim at halos walang masyadong dumadaan. Bangin din ang nasa gilid kaya delikado talaga.

"**We don't have a car.**" Sabi ni Keifer.

"**Pre! Ang laki ng minana mo tapos wala ka pa ring kotse?**" Pang-aasar ni Percy at agad naman syang tinignan ng masama ni Keifer.

"**I can buy many cars as I can. Buy I don't have a license to drive them all.**"

"**Ang malas nyo naman...**" sagot nya at ngumiti ng nakakaluko. "**...isang taon nalang hihintayin ko pwede na kong kumuha kahit student license.**"

"**Antayin mo lisensya namin. Mas maganda pa magiging kotse namin sayo.**" Singit ni Yuri.

Halatang hindi magpapatalo ang luko kaya naman nagsalita na ko para matapos ang usapan.

"**Kotse nalang ni Kuya.**" Bored na sabi ko.

Sabay-sabay naman silang tumingin sakin at nag-nod. Alam kong wala sa bahay si Kuya pero hindi nya ginamit ang kotse nya.

Bumalik kami sa bahay namin para gawin ang balak. Sumilip muna ko sa pinto para masiguro na walang makaka-kita sakin, pinabuksan ko din kila Percy ang Gate.

Nasa kwarto ni Kuya ang Susi ng kotse. Dahan-dahan akong naglakad papunta don. Hindi nag-lo-lock ng pinto si Kuya dahil ayaw yon ni Mama.

Nakita ko agad ang susi sa study table nya. Mabilis kong kinuha yon at nagmamadaling lumabas papunta sa kotse. Ako ang mag-

drive dahil ako pa lang ang marunong sa kanila.

Si Kuya ang nagturo sakin. Pinaandar ko muna ang kotse palabas ng bahay at pinasara ulit sa kanila ang gate. Nang masigurong okay na lahat, nagsi-sakay na sila.

"**Andar na! Andar na!**" Excited na sabi ni Percy na nasa tabi ko.

Nasa likod naman sila Keifer at Yuri. Dahan-dahan lang pagmamaneho ko para hindi agaw pansin sa paningin ng police at baka mahuli kami.

"**Daan tayong convenient store, bili tayong pagkain.**" Sabi ni Yuri.

Mabilis namang kaming sumang-ayon. Pinarada ko ang kotse sa pinakamalapit na convenient store. Si Yuri at Percy nalang ang bumili at naiwan nalang kami ni Keifer sa kotse. Naging tahimik kami pareho nung una.

"**Okay ka lang ba?**" Basag nya sa katahimikan.

"**H-ha?**"

"**Simula ng lumabas ka ng ospital, para malaki ang pinagbago mo.**"

Eto na naman sya.

"**W-wala... Hindi lang maayos tulog ko.**"

Hindi na sya nagsalita pero tinignan na naman nya ko ng makahulugan. Umaandar na naman ang pagiging tamang hinala nya.

Bakit ba pinanganak na matalino ang isang to? Matalino sa pagbabasa ng tao. *Weird!*

Napatingin ako sa kabilang daan. Patawid na sila Yuri at Percy. Pareho silang may dalang tig-dalawang plastic. Ang pinagtataka ko lang kung bakit parang ang bigat ng laman ng isang plastic na hawak ni Percy.

Nang makapasok na sila sa kotse agad kong tinignan ang dala nila. Nagsalubong ang kilay ko ng makita kong may beer in can silang binili.

"**Percy... pare-pareho tayong minor.**" Paalala ko sa kanya.

Ngumiti sya ng malapad. "**Tayo ngayon batas.**"

Nasampal ko nalang ang noo ko. Wala na kong magagawa. Nakabili na sila, hindi nalang siguro ako iinom.

Eto na yon? Eto na yung Danger's Hills na sinasabi nila? Pataas na daan lang naman pala ito na puro curved.

Nasa tuktok kami ngayon ng pinaka-mataas na parte ng burol. Kita'ng-kita namin ang syodad.

"**Bakit ka hindi umiinom?**" Inis na sabi ni Percy.

Si Yuri na ang sumagot para sakin. "**Mag-d-drive pa yan at kalalabas lang ng ospital.**"

Tumalikod ako sa kanila at tinignan ulit ang syodad. Parang mga laruan ang mga nakikita ko dahil sa liit.

"**Aries...**" tawag ni Keifer sakin.

Tinignan ko sya at andun na naman ang kakaibang panununuri nya sakin. Tinungga nya ang hawak na beer.

"**...you still haven't tell us what happens to you.**"

Umiling ako. "**Maybe next time.**"

"**Ngayon na Pre!**" Atat na sabi ni Percy. "**...anung ginawa sayo ng kidnapper mo?**"

"**Typical scenes.**"

"**Like the one from the movie?**" Si Yuri.

Lumapit ako sa naupo sa tabi nila. "**Oo.**"

Naging tahimik kami. Parang hinihintay nila ang sasabihin ko pero hindi ko pa kayang ikwento sa kanila. Pasimple kong hinawakan ang sugat ko.

Unti-unti ng gumagaling yon pero hindi ang sugat sa loob ko.

Si Jay-jay.

"**Nakakatakot yon.**" Sabi ni Percy. "**...kailangan ko'ng mag-ingat.**"

Taka kaming napatingin sa kanya.

"**Bakit ka naman mag-iingat?**" Sabi ni Yuri.

"**Baka may kumidnap din sakin. Sobrang gwapo ko pa naman. Baka meron na pala akong stalker, hindi ko pa alam.**"

Napangiwi kami pare-pareho. Kung merong dapat mag-ingat sa kanila si Keifer yon dahil ang laki ng nag-aabang na mana sa kanya. Mula sa Lolo't Lola nya hangang sa namana nya mula sa Nanay nya.

"**Seryosong usapan mga Pre... kapag may nangyari sakin. Kayo ng bahala sa mga kapatid ko pati kay Freya.**"

Pare-pareho kaming sumeryoso at tumingin sa kanya. Nakakatakot kasi ang sinabi nya.

"**Ayoko nga.**" Mabilis na sagot ni Keifer.

Tinignan sya ng masama ni Percy. "**Ayan! Ganyanan.**"

"**Kapag umoo ako, magpapabaya ka at hahayaan mong may mangyari'ng masama sayo.**" Paliwanag nya.

"**Syempre hindi ganun yun!**" Dipensa ni Percy.

"**Walang mangyayari'ng masama sayo, dahil ikaw na mismo yung masama'ng nangyari samin.**" Biro ni Yuri at akmang susugurin na sya ni Percy ng huminto sya.

"**Uma-ambon?**" Sabi nya habang nakatingala at nakasahod ang kamay.

Tumingala din ako para pakiramdaman pero ang ambon na inaasahan ay nauwi sa malakas na ulan. Nataranta kaming lahat. Kanya-kanya ng dampot ng pagkain at nagmamadaling pumasok sa loob ng kotse.

"**Bakit umulan?!**" Galit na sigaw ni Keifer.

"**Hindi ka daw kasi naliligo.**" Sagot ni Percy at agad syang sinakal nitong isa.

"**Aahhhh... a-aray!**"

"**Tama na yan.**" Awat ni Yuri at bumitaw naman si Keifer.

Mas lalo pang lumakas ang ulan. Halos wala na kaming makita sa labas kahit buksan ko ang headlights ng kotse.

"**Mamaya na tayo umalis.**" Suggestion ni Yuri.

Tinignan ko ang oras sa maliit na digital clock sa harap ng manibela. Malamang na nakauwi na si Kuya. Malilintikan ako ng sobra.

"**Hindi tayo pwedeng magtagal dito.**" Sabi ko at sinubukang paandarin ang kotse pero wala talaga akong makita.

"**Wag mo pilitin. Baka ma-aksidente tayo.**" Sabi ni Yuri kaya napilitan akong huminto.

"**Dito muna tayo.**" Sabi ni Percy at bahagyang hinilig ang sandalan para makahiga sya.

Sinunod ko ang sinabi nila. Naghintay kami'ng humina ang ulan. Halos isang oras na kaming nasa loob lang ng kotse. Nakatulog na si Keifer dahil sa tagal. Mainipin pa naman ang isang to.

May isa't kalahating oras na ang lumipas ng maisipan kong paandarin ang kotse. Alam kong hinahanap na kami. Ang masama pa nito, nagdidilim na ang langit na dagdag pahirap sakin na nagmamaneho.

"**Delikado Pre...**" awat sakin ni Percy.

"**No choice. Mas lalo tayong mahihirapan nito kapag dumilim.**"

Hindi na sya sumagot at hinayaan nalang ako. Dahan-dahan ang andar namin lalo't na at pababa ang daan. Pero ang pasakit ng malaka na ulan ay lalo pang nadagdagan ng biglang kumidlat kasunod ng malakas na kulog.

Napabangon si Keifer at halatang kinabahan.

"**Aries... Wag na. Delikado talaga.**" Nag-aalalang sabi ni Yuri.

Napalitan akong huminto na naman. Nakakainis! Malilintikan ako nito kay Kuya at kay Mama. Naghintay na naman kami sa paghina ng ulan pero parang wala naman yata talagang balak matapos ang pagbuhos ng tubig.

Binuksan ko ang radyo para sana makinig ng music pero sira naman ang sagap.

"**Walang sagap ang radyo dito.**" Sabi ni Percy ng hindi tumitingin sakin.

Padabog kong pinindot ang switch off. Kailangan ko ng ihanda ang tenga ko sa pakikinig ng sermon ni Kuya. Kailangan ko din ng maganda'ng palusot kung bakit ko tinakas ang kotse nya.

Pinikit ko ang mata ko at hinilot ang pagitan non. Habang iniisip ko ang pwedeng gawin bigla nalang kumulog ng malakas at sa pagdilat ng mata ko, muka ni Jay-jay ang nakita ko.

Humihigpit na naman ang paghinga ko. Tagaktak ang pawis ko kahit bukas naman ang aircon ng kotse. Nanginginig ang kamay ko na hawakan ang manibela at paandarin ang kotse.

"**Pre... mamaya na.**" Sabi ni Percy at dumiretso ng upo.

Hindi ko sya pinansin at nagpatuloy lang sa pagmamaneho. Kumikirot ang sugat ko kasabay ng pagbilis ng tibok ng puso ko.

"**Ayos ka lang ba Aries?**" Tanong ni Yuri.

"**K-kailangan na nating maka-uwi.**"

Pareho sila ni Percy na nagkibit ng balikat. Nag-usap nalang sila ng mga bagay na hindi ko maintindihan. Hindi ko na rin inalam pa dahil ang nasa isip ko lang ay maka-uwi na sa bahay.

Mabilis dumilim ang langit dala na rin ng masamang panahon. Nasa delikadong daan na kami ng Danger's Hills kaya sinubukan kong pakalmahin ang sarili ko.

Nasa pakurba na kami ng muli na namang kumidlat. Pagtingin ko sa gitna ng daan, nakita ko si Jay-jay. Duguan ang mga kamay habang may hawak na piraso ng basag na salamin.

Hindi ko na namalayan ang naging kilos ko. Pikit mata kong niliko ang manibela na syang malaking pagkakamali ko.

"**ARIES!!**"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 245

A/N: Meron akong page. Gawa ng Admin ng Group.

Lara Flores - eatmore2behappy

Hahahaha ang taray! Feeling ko artista ko—charot!

Medyo maikli ang chapter na to. Pinilit ko lang kasing tapusin but again, thanks to my Astigmatism na ang hilig makisabay. Once na okay na ko talaga—pak na pak ang update nito.

Aries's POV

Say goodbye

****ContinuationOfFlashback…****

Jay-jay….b-bakit?

"Aries!"

Unti-unti kong dinilat ang mata ko. Malabo, nahihilo ako. Wala akong maramdaman na kahit ano at parang hindi ako makagalaw.

"Wake up! Aries!" Galit na sigaw ng kung sino.

Dalawa lang ang kilala kong nag-e-english kapag galit. Si Keifer o kaya si Percy. Sinubukan kong igalaw ang mga kamay ko pero ayaw nila makisama. Hangang sa napatingin ako sa harapan ng kotse.

B-bakit parang—?!

Nasan ako?! Hindi! Nasan sila Keifer, Yuri at Percy! Tinignan ko sila mula sa likod pero si Percy nalang ang nakita ko. Duguan at nanginginig sa takot.

Anung nangyari?

Kumikirot ang buong katawan ko. Basag-basag ang mga salamin ng

kotse. Walang pinto sa likod at lahat nalang wala sa ayos.

"**P-percy.**" Tawag ko sa kanya.

"**Aries... K-kaya mo bang gumalaw?**" Tanong nya na sinubukan kong gawin.

Nanginginig ang kamay ko at parang ayaw sumunod sakin. Sinubukan kong alisin ang seatbelt pero ng bitiwan ko yun bigla nalang gumalaw ang kotse.

"**A-ano yon?**"

Malalim ang paghinga ni Percy. "**N-nasa gilid tayo ng bangin.**"

Bangin?

Sinilip ko ang labas ng bintana sa tabi ko. Ang harap ng kotse hangang sa unang gulong ay naka-ere sa bangin. Pwedeng malaglag ang kotse anytime.

Hindi ko alam ang gagawin ko. Naba-blangko ako. Dito na ba ko mamatay? Kaligtas nga ako sa ginawa ni Jay pero dito naman ako matutuluyan.

"**A-anung gagawin natin Percy?**" Tanong ko sa kanya.

Nakatingin sya sakin at parang nagsasabi na wala na kaming pag-asa.

"**Buksan mo yung pinto sa tabi mo.**" Utos nya sakin.

Ginawa ko ang sinabi nya at laking gulat ko ng matanggal yon mula sa pagkaka-kabit sa kotse. Naging dahilan din yon para umuga pa lalo ang sasakyan. Napahawak ako ng mahigpit sa manibela at bangkuan.

Huminto sa pag-galaw ang kotse. Huminga ako ng malalim para pakalmahin ang sarili ko. Hindi ko magagawa ang dapat kong gawin kung natataranta ako.

"**P-percy.**" Tawag ko sa kanya para sana itanong ang sunod kong

gagawin pero natigilan ako ng makitang nakangiti sya sakin.

"**Y-you…have to jump…out.**" Sabi nya na may basag na boses.

"**W-what?**" Tinignan ko ang kabuuan nya.

Hindi sya gumagalaw at wala din nabago sa pwesto nya mula ng magising ako. Doon ko lang na-realize ang gusto nyang mangyari.

G-gusto ba nyang—hindi!

"**N-no! No! No! I can't! I'm not leaving you here! No!**" Sabi ko habang umaagos ang mga luha ko.

Hindi pwede. Hindi ko sya pwedeng iwan nalang dito.

"**You have to. T-this is the only way.**" Sagot nya kasabay ng pagpatak ng luha nya. "**…yung mga kapatid ko, please. At si Freya…**" ngumiti sya ng mapait. "**…paki-paliwanag nalang na nag-feeling superhero ang boyfriend nya.**"

"**No, Percy! Ask anything else.**"

Umiling sya kasabay ng pagpunas ng luha. "**You have to leave now.**" Seryosong sabi nya.

"**Percy! No! I can't!**"

"**Lumabas ka na! Iwan mo na ko!**"

"**No! I'm not leaving you here!**"

"**Do it! Leave me here!**"

Hinawakan nya ko sa kwelyo ng damit. Patuloy ang pagbagsak ng luha nya. Hinawakan ko ang kamay nya.

"**I-isa lang ang pwedeng m-mabuhay satin ngayon….wag mong s-sayangin ang pagkakataon.**"

"**H-hindi ko kaya.**"

Ngumiti na naman sya sakin. Yung ngiti na nagsasabi na ayos lang

ang lahat. Yung ngiti nya binibigay nya samin.

"**I'm happy that I met you.**" Sabi nya.

"**Please—Percy!**" Sa isang iglap buong lakas nya kong tinulak palabas ng kotse.

Bumagsak ako sa maputik na lupa. Sinubukan kong bumangon at kalimutan ang sakit ng katawan ko pero hulihan nalang ng kotse ang nakita ko habang dumudulas pababa ng bangin.

"**NO!**"

Ilog ang nasa ibaba ng bangin. Malakas ang agos at kulay putik ang tubig. Kitang-kita ko kung gano kabilis na kinain ng tubig ang kotse.

"**P-percy...**"

*****EndOfFlashback...****

Unti-unti kong dinilat ang mata ko. Bumungad sakin ang nakasilip na liwanag sa bintana. Ibinaling ko sa ibang direksyon ang ulo ko at ang naghihilik na Jay-jay ang bumungad sakin.

Naka-nga-nga pa sya habang tumutulo ang laway.

I can't hold my smile because of her face. *Yup! She's definitely my sister.* Pinitik ko ang noo nya para gisingin sya pero walang talab yon.

Sinubukan kong bumangon pero napahinto ako ng makita ang nakadagan sa tyan ko. Binti ni Jay at halos lumapit na ang talampakan nya sa muka ko.

Inalis ko ang binti nya at bahagya syang tinulak pero wala pa rin. Tulog na tulog pa rin sya samantalang nauna pa syang matulog sakin kagabi.

"**Haay... I can't believe this.**" Bulong ko sa sarili ko.

Bumangon ako mula sa kama nya at kinuha ang cellphone ko na

bedside table. Nangunot ang noo ko ng makita'ng may text message ako mula sa unknown number.

From: *+639***********
Message: *Please... wait for me. I will return as soon as I can.*

Agad kong binura ang message. Kilala ko kung sino ang isang to. Hindi ako pwedeng magkamali. Panu nalaman ni Keifer ang number ako?

Napatingin ako kay Jay ng umiba sya ng posisyon. Sya lang ang huling gumamit ng cellphone ko, pero sa pagkakatanda ko ibang tao ang kausap nya kagabi.

Hindi kaya?

+ +

Jay-jay's POV

Hawak ang tinidor at nakahanda na sa pagsalakay. Mabilis kong sinaksak ang hotdog sa plato pero meron akong kalaban. Nakasaksak din sa hotdog na pinag-iinitan ko.

Meron pang isang tinidor.

Pwede'ng pwede ko ng patugtugin yung nasa pelikula. Yung kapag magtatagpo ang kalaban at ang bida. Kasabay ng masamang titigan sa gitna ng laban.

Hehehehe lakas maka-pelikula.

"**Akin to.**" Sabi ko ng may pagbabanta.

"**No, this is mine.**" Sagot sakin ng kalaban ko walang iba kundi si Perena—este, yung horoscope pala.

"Akin to! Ako nauna!"

"Jay! Pito'ng hotdog na ang kinakain mo."

"Grabe sa Pito, lima lang naman." Paliwanag ko habang unti-unti'ng hinahatak palapit sakin ang hotdog.

"You lost count, you ate seven." Sagot nya at pinigilan ang paghatak ko.

"Ikaw nga dyan eh. May sarili ka namang hotdog pero—ARAY!!" May bigla nalang bumatok sakin dahilan para mabitawan ko ang hotdog at makuha nya.

Tinignan ko kung sino may gawa non. Si Kuya na may hawak pang tasa ng kape. Masama ang tingin nya sakin kaya napayuko ako agad.

"Where did you learn those things?" Maotoridad na tanong nya.

Hawak ko pa ang batok ng tinignan ko sya ng puno ng pagtataka. **"Anong *learn*?"**

"Yang mga sinasabi mo—tungkol sa hotdog." Sagot nya habang pinaglalakihan ako ng mata.

"Talaga namang may sarili syang hotdog ah! Ayan sa plato nya!" Sabay turo sa plato nyang may dalawang hotdog na hindi nagagalaw.

Patay malisya naman si Aries habang patuloy sa pagkain. Binalikan ko ng tingin si Kuya at para syang napahiya. Kuwaring binasa nya ang dyaryong hawak pero baliktad naman.

May lumot ata ang utak ni Kuya.

Dahil naubos na ang hotdog, itlog at bacon na almusal namin. Napilitan akong magtiis sa pandesal. Nagugutom pa naman ako. Gusto ko pa sanang kumain ng kumain.

"Saan na nga pala kayo mag-r-room?" Walang atubiling tanong ni Aries kaya natigilan ako.

Napatingin din ako kay Kuya sandali bago sya sagutin. **"B-baka sa gymnasium or sa open auditorium ng school."**

Narinig ko ang pagtiklop ng dyaryo sa tabi ko. Alam kong magtatanong sya. Hindi nga pala nya alam na pinalayas na kami ng tuluyan sa room. Sa kangkungan na kami pupulutin.

"**What do you mean? Bakit sa gymnasium na kayo mag-r-room?**" Tanong nya na nagkaba sakin.

Ayoko sana syang sagutin dahil baka bigla nalang syang sumugod sa school at gumawa ng gulo. Baka awayin na naman nya ang guidance councillor.

"**A-ano... k-kasi...**" tumingin ako kay Aries para manghingi ng tulong pero busy sa pagttext ang Gago.

"**Jay-jay.**" Tawag ni Kuya na parang nang-galing sa ilalim ng lupa. "**...answer me.**"

"**Kasi.....**" napakamot ako sa ulo.
"**.....PinalayasNaKamiSaRoom.**" Mabilis na sabi ko pero mukang naintindihan pa rin nya.

"**WHAT?!**"

Umarte akong tumitingin sa orasan kahit hindi ko naman alam kung nasan ang wallclock.

"**Aba tignan mo! Ma-l-late na pala ako. Kailangan ko ng mag-ayos.**" Mabilis akong tumayo at hindi na hinintay ang sasabihin ni Kuya.

Tumakbo ako papunta sa kwarto ko at nilock ang pinto. Sana lang talaga hindi sya sumugod sa school. Panibagong eksena na naman yon.

Kinuha ko ang cellphone ko at tinignan kung may message galing sa kanya pero wala pa rin. Pabato kong binaba sa kama yon at walang buhay na kinuha ang twalya ko bago dumiretos sa banyo.

Buti pa yung multo marunong magparamdam.

Nakakahiya naman don sa Hari ng mga Ulupong. Wala na yata talagang balak bumalik dito. Nasa ilalim na ko ng shower ng

merong pumasok sa isip ko.

Paano kung may babae na pala ang ugok na yon? Nasa ibang bansa sya. Maraming magaganda don, matatangkad at malalaki ang dibdib. Hindi malabong—*kingina mo ka'ng Hari ka!!!*

Wag ko lang malamang may nilalandi ang ugok na yon. Sasakay akong eroplano kahit sa pakpak o gulong lang, makarating lang ako sa pinag-lalagyan nya. Ipapatikim ko sa kanya ang sakit ng paghihiganti.

Mata mo lang walang latay.

Kahit singit mo lalagyan ko ng marka ng latigo. Gagapang ka sa putik at bubugbugin kita ng mura.

"**Wag ka lang talaga'ng mamba-babae.**" Sabi ko at pinagpatuloy ang pagligo.

Pagkatapos gawin ang mga dapat kong gawin sa banyo, nagbihis na ko. Malapit na kong matapos ng may marinig akong kumatok. Wala sa sarili kong binuksan yon at bumungad ang Horoscope for today.

"**Kaunting bilis naman. Mala-late na tayo.**" Inis na sabi nya sabay alis.

Napakurap-kurap ako. Ano daw?! Did he just use the word '*tayo*'?! Wow! Tayo! Meron ba non?! Meron pala non!

Ang OA ko pero parang kinilig ako.

Naks! Eto na ba yon. Senyales na ba na okay na kaming dalawa? Na wala ng away-away? Bati na kami, ganern!

Nakangiti akong kinuha ang bag ko at tumakbo palabas ng kwarto. Yung feeling na ang saya mo dahil sa simpleng bagay. Ang babaw na dahilan pero para sakin, kaligayahan na yon.

Kompirmado na! Okay sa alright na kami ng kapatid kong kayang magpredict ng future.

Paglabas ko, nakita ko syang nakatayo sa tabi ng kotse nya.

Sinenyasan nya kong sumakay agad sa passenger seat sa tabi ng driver. Ako naman tong excited, sakay agad na halos masubsob pa ko sa upuan.

"**Sabay tayong papasok?**" Nakangiting tanong ko sa kanya.

Taka nya kong tinignan na para bang napaka-weird kong tao.

Sorry naman....egzoyted lang!!

Pina-andar nya ang kotse. Naging tahimik sya nung una pero may panaka-nakang tumitingin sakin.

"**Weird mo.**" Bulong nya na narinig ko naman.

"**Masaya lang ako.**" Sagot ko.

"**And why?**"

"**Kasi okay na tayo. Tanggap mo na ang ganda ko.**"

Bigla nalang syang natawa habang napapailing. Hinayaan ko nalang kasi baka natutuwa din sya pagkakabati namin.

Nakarating kami sa school at sa hindi nya ko pinababa. Nasa loob ako hangang sa iparada nya ang kotse sa parking. Ngiti'ng-ngiti ako habang tinanggal ang seatbelt ko.

"**Salamat.**" Sabi ko sa kanya.

"**Para saan?**"

Umiling ako. "**Wala lang. Gusto ko lang sabihin.**"

Ngumiti sya at sinenyasan akong lumapit sa kanya at ginawa ko naman. Akala ko kung anung gagawin nya pero bigla nalang nya'ng pinisil ang pisngi ko.

"**Aaahhhh... A-aray! M-mashakeeet!**"

"**Magpaka-tino ka! Tantanan mo ang pakikipag-away!**" Sabi nya habang hinahatak-hatak ang pisngi ko.

Mangiyak-ngiyak ako ng alisin nya yon. Expected ko naman hahalikan nya ko sa noo kagaya ng napapanood ko sa tv.

"**Umayos ka.**" Dagdag nya bago buksan ang pinto ng kotse nya.

Ganon na rin ang ginawa ko at hindi nakaligtas sa paningin ko ang mga student na pinagtinginan at bulungan kami.

Agang tsismis!!

Inirapan ko nalang sila at naglakad na papunta sa building namin pero napahinto ako ng makita ko si Edrix.

"**Jay.**" Tawag nya sakin. "**...sa gymnasium tayo.**"

Seryoso akong nakatingin sa kanya at nag-nod. Lumiko na ko papunta sa gym at nakasunod naman sya sakin.

"**Jay-jay.**" Tawag na naman nya sakin pero hindi ko sya nilingon. "**...meron sana akong ibibigay sayo.**"

Napahinto ako at mabilis ko syang hinarap. Napatingin ako sa kamay. Flashdrive yon na ang saksakan ay maliit. Ang alam ko para sa cellphone ang isang to.

Pagkain ang nasa isip ko.

Kinuha ko yon at pinag-masdan. "**Para saan to?**"

"Gusto ko sanang mag-sorry sayo. Dun sa ginawa namin. Bilang pagbawi, pinilit kong kunin lahat ng files ng dati mong cellphone."

Nanlaki ang mata ko sa sinabi nya. Yung dati kong cellphone na binato ko sa pagmumuka ng Tarantado'ng Hari pero naiwasan nya! Nasira na yon at nadurog sa sahig.

Kung nakuha nya yung files, ibig sabihin lahat ng picture at video. Y-yung mga ala-ala namin.

"**Sorry talaga Jay. Loyal kasi ako kay Keifer kaya sunod ako sa mga utos nya.**" Sabi nya ng nakayuko.

Hinawakan ko bigla ang kamay ni Edrix. Hindi ko alam kung bakit pero sobrang saya ng puso ko ngayon.

"**Pasalamat ka, good mood ako ngayon.**" Sabi ko habang nakangiti sa kanya. "**...kaya bibigyan din kita ng pagkakataon.**"

Ngumiti sya sakin at akmang yayakapin ako pero agad kong hinarang ang kamay ko sa muka nya.

"**Abusado ka naman. Hinawakan ko lang kamay mo tapos ngayon yayakap ka.**" Sarcastic na sabi ko. "**...Ang tindi mo dyan.**"

"**Sorry. Natuwa lang din.**" Kamot batok na sagot nya. "**...tara na sa gym.**"

Nauna na syang maglakad at mabilis naman akong sumunod. Pakiramdam ko sobrang daming magagandang bagay ang meron ngayon. Hawak-hawak ko ang flashdrive na ala-ala ko noon ang laman.

Hindi tuloy mawala ang ngiti ko sa labi. Feeling ko walang makakasira ng araw ko.

Pero yun lang pala ang akala ko, dahil pagpasok namin sa gym— nakabungad ang parusa ng mundo samin.

+ + Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

Chapter 246

A/N: hahaha ewan ko kung my nakapansin. Chapter 255 ang nakalgay sa previous chap. Napalitan ko lang agad.

Happy Birthday kay Baby Chucs / Charleth Sy 🎂🎁🍰 from Jackyut.

Sorry nayon lang nabati.

Thankyou sa covers KobeTheOneAndOnly

EATMORE2BEHAPPY



Thank you sa mga covers na ito. Anna Tumolva Constancia

By:Latmore2behappy
Ang mutya
ng
Section E
(part two)
the dark side

Ang mutya ng section E (part two) the dark side

By:Eatmore2behappy

Ang Mutya
ng
Section E
(part two)
The dark side

Ang Mutya
ng
Section E
(part two)
the dark side
By: Eumaeus2behappy

Thanks din po dito. @xenabreu1412

Wattpad
Mark Keifer Watson
Yuri Hinamitchi
Jasper Jean Mariano
Ang Mutya Ng Section E
The Dark Side
by : @eatmore2behappy
Ang Section Kung saan may pagbubulungan at pagmamahalan
At Kung saan Ang Isang Mutya
Ang Kanilang Iniingatan

New room, new enemy

Jay-jay's POV

BASURA! Basura everywhere. Basura here basura there. Tambak ng basura ang buong gymnasium.

"**Ano to?!**" Inis na sabi ko.

Napatingin ako sa mga Ulupong na sipa ng sipa ng basura palayo sa kanila. Lumapit ako kami ni Edrix sa kanila.

"**Jay-jay!**" Buong galak na bati ni Ci-N habang kumakaway.

"**Bakit ganito dito?**" Tanong ko sa kanya.

Umiling sya. "**Hindi ko alam. Pagdating namin dito ganito na.**"

Bakit pakiramdam ko sinadya to?

Nakakadiri mag-stay dito, idagdag pa yung medyo mabaho'ng amoy.

"**Hindi tayo pwede dito!**" Inis na sabi ni Drew.

Sang-ayon sa kanya. Sinong makakatagal ganitong itsura?

"**Section E.**" Tawag samin ng kung sino.

Paglingon namin sa entrance, si Sir na nagtataka sa nakikita nya ang bumungad samin. Dala ang bag at lesson plan nya. Kanya-kanya kami ng lapit sa kanya.

"**Sir! Hindi tayo pwedeng mag-klase dito!**" Sabi ko.

"**Oo nga Sir!**" Sang-ayon ni Kit.

Kanya-kanya na ng reklamo ang mga luko hangang sa may naramdaman akong humawak sa braso. Nilingon ko yun at nakita ko si Yuri. Bahagya nya kong hinatak palayo sa mga Ulupong.

"**B-bakit?**" Tanong ko sa kanya.

"**Pinuntahan kita sa inyo pero umalis ka na daw. Bakit hindi mo ko hinintay?**" Bakas ang lungkot sa mga mata nya.

Napakamot ako sa batok. "**Sumabay kasi ako kay Aries.**" Ngumiti ako sa kanya ng maalala ko ang dapat sabihin sa kanya. "**...okay na kami! Bati na kami!**"

Ngumiti din sya. "**Talaga?! Congrats!**"

Hindi pa rin nawawala ang lungkot sa mga mata nya. Para bang meron syang dinadalang problema na ayaw nyang ipahalata sakin.

"**Okay ka lang ba? Parang ang lungkot mo.**"

Umiling sya. "**Nag-alala lang kasi ako kanina.**"

Nangunot ang noo ko sa sagot nya. Nag-alala? Pero saan?

"**Bakit ka naman mag-aalala? Sa school din naman ang punta ko.**"

Mabilis syang umiwas ng tingin. "**Y-yung kay Sato kasi.**"

Pero parang hindi yon ang totoo'ng dahilan. Pinili ko nalang magkibit balikat.

"**Yun ba? Para'ng hindi mo ko kilala. Kaya ko sarili ko.**" Nakangiti'ng sagot ko at hinampas sya sa braso.

Anu kayang problema nito?

Binalikan ng tingin ang mga Ulupong na kausap si Sir. Hindi kami makakapag-klase ng ganito lang. Feeling ko hindi na matatapos ang pag-uusap nila.

"**Linisin nalang ang gymnasium. Yun lang ang paraan natin para makapag-stay kayo dito at maturuan din kayo ng ibang teacher.**" Paliwanag ni Sir.

"**Sir naman! Perwisyo na nga yung pagpapa-alis nila samin sa room, pati ba naman dito?!**" Galit na sabi ni Eren.

Sinang-ayunan sya ng iba pero meron namang sang-ayon sa sinabi ni Sir. At syempre meron ding nakikigulo lang talaga.

"**Pasabugin nalang natin ang ibang room para dito na din sila kasama natin!**" Suggestion syempre ng pinaka-pasaway sa lahat.

Ci-N talaga, kahit kailan!!

"**Ayos yan, pagpatuloy mo yang katangahan mo.**" Sarcastic na sabi ni Josh.

Agad syang tinignan ng masama ng Batang Kumag. "**Kung matalino ka nga, anu dapat natin gawin dito?!**"

"**Kung matalino ka, bakit kailangan mo pa itanong sakin yan? Bakit hindi ikaw ang sumagot?**" Balik naman nitong isa.

"**Tuloy nyo pa. Mag-away pa kayo. Malaking tulong yan.**" Gatong ni Blaster.

"*Away oh! Away oh!*"

Nalipat ang atensyon ng lahat sa dalawang kumag na nag-aaway sa patalinuhan. Nakakahiya naman sa mga utak nila.

Nasampal ko nalang ang sarili kong muka. Kulang nalang suntukin ko yung sarili ko dahil pangu-ngunsume sa kanila. Nai-stress ako! Dapat happy day ngayon.

"**Tama na! Ang kailangan natin ngayon magtulungan.**" Sabi ni Sir Alvin na pumagitna pa sa kanila.

Tumalikod si Ci-N sa kanya. Akala ko nagpa-awat na nga talaga sya pero bigla nalang syang kumanta.

"**Anung kailangan? Magtulungan! Anung kailangan? Magtulungan!**" Kanta nya at napatingin naman kaming lahat sa kanya. "**...wonder pets! Wonder pets! Andyan na kami!**"

Sa pagkakataon na to hindi lang ako ang napa-face palm. Pati si Sir at mga Ulupong ganun din ang naging reaksyon. Umuurong talaga ang edad nya.

"**I'll pretend that I didn't hear that.**" Sabi ni David at lumapit kay Sir. "**...Saan po ba yung panlinis.**"

"**Sa storage room kung nasan ang iba pang gamit.**" Sagot ni Sir sabay turo ng pinto sa pinaka dulo.

Naglakad sya papunta don kasunod nila Eman, Denzel, Ci-N, Felix, Kit at Josh. Ayaw pa sana sumunod ng iba kundi lang nagkatulakan.

Pati ako sumunod na rin. Kanya-kanya kami ng kuha ng walis, dustpan, map at garbage bag. Kanya-kanya na rin kami ng lulugaran. Ang daming basura na pinagkainan ng mga Peste'ng nilalang—este mga istudyante sa pala ng paaralan na to.

Pati mga bleachers sa kasuluksulukan ng gymnasium meron ding kalat. Hindi naman kaya nakakahiya sa kanila. Pinalayas na nga kami sa room tapos ganito pa ang ibubungad samin.

Ang bait nila, sana kunin na sila ni Lowd.

"**Jay-jay!**" Sigaw ni Ci-N pero hindi ko sya nilingon.

May kutob na kasi ako kung anong ginagawa nya.

"**Tignan mo ko! Dali!**" Sigaw ulit nya.

Napabuntong hininga ako. Hindi talaga sya nauubusan ng kalokohan.

"**Bilis na! Tignan mo na ko!**"

Ay ang kulit!!!

Malakas ang naging buntong hininga ko bago sya linungin. At kundi ba naman! *Hay naku!!*

"**Diba ang ganda ko!**" Maarteng sabi nya habang kumakaway pa.

Sinuot nya yung garbage bag at ginawang damit. Nagbuhol din sya sa ulo na nagmukang headband. Muka syang aning sa ginagawa nya. Nagpapa-ikot-ikot pa sya na parang may magarbong damit.

"**Ay may nakapasok na baliw dito!**" Sigaw ni Felix kasunod ng pagtawa.

"**Tse! Inggit ka lang sa ganda ko!**" Malanding sagot ni Ci-N.

"**Naku! Bumigay na!**" Pang-aasar ni Calix.

"**Epekto ng amoy ng basura yan!**" Gatong ni Kit.

Baka nga!! Sa tindi ng baho, naluto na yung utak.

Sunod-sunod ang tawanan nila. Pati ako napatawa na rin. Samantalang ang Batang Kumag, ayon! Daig pa ang model sa pagrampa. Nagawa pa nyang lumapit kay David.

"**Hi Dabid.**" Bati nya sabay kurap-kurap ng mata.

Napangiwi si David sa itsura nya. "**Ano ka? Taong basura?**"

"**Hindi.**" Umiikot-ikot sya sabay taas ng kamay at huminto. "**Isa akong magandang prinsesa!**" Malanding sabi nya.

Ay pak, ganern!

Mabilis na nagsalubong ang kilay ni David at buong lakas na pinitik sya sa noo. Agad na nagprotesta ang bata'ng kumag sabay hawak sa noo habang mangiyak-ngiyak.

"**You're wasting the garbage bags. Can't you see? We have a lot to clean and here you are playing around.**"

Agad syang tinignan ng masama ni Ci pero nawala din yon at napalitan ng matamis na ngiti. Yumakap pa sya sa braso ni David at parang pusa na kiniskis ang muka.

"**Masyado kang hot, Dabid. Chill ka lang. Bigyan kita kiss, you want?**" Sabay nguso sa kanya.

Ayown! Bumigay na si Koya.

Sinubukan syang itulak palayo pero parang linta na maka-kapit ang Batang Kumag. Malakas ang naging tawanan namin pero hindi ang

iba.

"**Tigil mo nga yan Ci-N! Nakakadiri ka!**" Inis na sabi ni Drew at napatingin naman kami sa kanya.

"**Nagbibiro lang naman... hayaan mo na.**" Sagot ni Denzel sa kanya.

"**Kahit na!**"

"**May problema ka ba sa bakla?**" Medyo inis na tanong ko at nag-cross arm.

Salubong ang kilay nyang humarap sakin at parang hindi masaya na sya naman ang pinag-titinginan ng mga kaklase nya.

"**W-wala....basta! Nakakadiri sila.**" Sabi nya at tumalikod samin.

Pinag-patuloy nya ang paglilinis at umarteng hindi kami nakatingin sa kanya. Napatingin ako kay Kit at Mayo na nagpapalitan din ng makahulugang tingin.

Napailing nalang ako at bumalik sa ginagawa. Buti nalang at madami din kami kaya halos isang oras lang ang nagugol namin para malinis ang buong gymnasium.

"**Ayan! Malinis na!**" Naka-ngiti'ng sabi ni Sir at tumingin sa relo nya. "**...hindi na nga lang tayo makakapag-klase.**"

"**Anu pa nga ba....**" bulong ni Blaster pero narinig ko pa rin.

"**Bibigyan ko nalang kayo ng copy ng lesson for today para mapag-aralan nyo pa rin.**" Paliwanag ni Sir. "**Ipahinga nyo nalang siguro yung natitirang oras.**"

"*Sige po Sir.*"

"*Salamat Sir*."

"*Pahinga muna.*"

Akmang kukuhanin ni Sir yung mga garbage bag pero pinigilan sya

ni David. Nagprisinta na sya na kami nalang ang magtatapon. Umalis na Sir na puno ng pag-aalala samin.

Hindi ko sya masisisi, muka kaming pulube dito. Hindi ko nga alam kung bakit pa kami pumapasok. Halata namang hindi na kami welcome dito.

"**I need some help here.**" Sabi ni David pero walang pumansin sa kanya. "**...come on. A little cooperation.**"

Deadma pa rin ang mga Gago habang kanya-kanya sa ginagawa. Merong ngku-kwentuhan at naglalaro sa cellphone. Meron namang naisipang mahiga sa bleacher at matulog.

Aba ka matinde! Ang bait talaga ng mga Ulupong na to.

Nakita kong tumingin si David kay Ci-N—suot pa rin ang kalandian nya.

"**Hoy, magandang prinsesa. Baka gusto mo kong tulungan.**" Sarcastic na sabi nya.

Ang Batang Kumag naman mataray na hinawi ang feeling nyang mahaba nyang buhok. Umirap pa sya sabay patong ng isang hita sa kabila.

Ganda! Pak na pak.

Malalim ang naging buntong hininga ko sabay tayo at lapit kay David.

"**Ako na. Halata namang wala kang aasahan sa mga yan.**"

Padabog kong kinuha ang apat na garbage bag at ganun din sya. Puno'ng-puno ang mga yon kaya hirap na hirap kaming maglakad. Muntik pa kaming hindi magkasya sa entrance dahil sa dala namin.

Malayo-layo ang original na damp side ng school. Nasa kalikud-likuran pa yon ng mga lumang building. Magkasunod kami ni David sa paglalakad. Buti nalang at oras pa ng klase kaya walang mga itudyante na nagkalat sa daan.

Kung nagkataon, usap-usapan na naman kami. Nakarating kami sa building ng first year. Isa sa pinaka-lumang gusali dito sa school na to. Ang nakakapagtaka lang, isang kwarto lang ang puro istudyante. Lahat bakante na o kaya sarado.

"**Dito ang room namin dati.**" Sabi ni David habang nakatingin sa building. "**Second year ako nung napunta sa kanila.**"

Tinignan ko din yon. Parang mas luma pa to sa building kung nasan ang Section E. Nana-nadya talaga ang school na to eh! Meron namang palang mas lumang building dito bakit yung samin ang pilit inuuna'ng gibain.

Saltik talaga mga tao dito eh!

Binalik ko ang tingin kay David. "**Bakit ka nga pala napunta sa Section E?**"

Binalik nya ang tingin sakin bago ngumiti at maglakad ulit. Sumunod naman ako agad sa kanya.

"**Nagkaroon kasi ng gulo sa Section namin. Ma-e-expelled yung ibang kaklase ko at suspended naman yung iba. Para hindi na lumaki yung gulo, inako ko nalang lahat.**" Paliwanag nya. "**...meron din akong backer kaya hindi naging problema sakin yon.**"

Nag-nod naman ako biglang pagtanggap sa sagot nya.

"**Eh ikaw?**" Tanong nya sakin. "**...bakit ka napunta sa Section E?**"

Ngumiti ako sa kanya. "**Sobrang ganda ko daw kasi. Baka ma-insecure ang ibang babae sakin.**"

Yun yon eh!

Narinig ko ang mahinang pagtawa nya. Nagtanong pa talaga sya parang hindi nya alam na naging pasaway ako sa dati kong school. Pero siguro nakalaan talaga na makarating ako sa Section na to. Ewan ba! Ang weird sa pakiramdam.

Narating namin ang likod ng lumang building. Akalain mo nga

naman, ang ganda pala ng segregation nila ng basura. Nakahiwalay na ang bote sa plastic. Nabubulok at hindi nabubulok.

Eh bakit kaya yung mga istudyante nila, hindi nila ma-segregate?

Tinignan ko yung paligid at napatingin ako sa dalawang lalaki na syang nag-aayos ng paglalagyan nga mga basura.

"**Saan natin bababa to?**" Tanong ko kay David.

"**Dun nalang siguro.**" Sabay turo sa mga garbage bag sa sulok.

Naglakad na kami papunta don ng bigla kaming tawagin ng isang lalaki. Sabay kaming lumingon ni David sa kanya at lumapit naman sya samin.

"**Saan galing mga dala nyo?**"

Nagtinginan pa kami bago sumagot.

"**Sa gymnasium po.**"

Bigla'ng sumimangot yung lalaki samin at nagkamot ng ulo.

"**Pasensya na kayo, hindi namin pwede tanggapin yan.**"

Basura hindi tinatanggap? Ano yan? May requirement na sinusunod?

"**Ho?**" Nanlalaki pa ang mata ko sa sinabi nya. "**Bakit hindi tatanggapin? May sariling bang damp side ang gymnasium?**"

Parang nahiya sakin bigla yung lalaki at napayuko. Kapag hindi ko nagustuhan ang sagot nito tatamaan sakin to. Isang hampas lang sa batok.

"**Yun kasi ang bilin simin ng Guidance Officer. Para daw talaga sa inyo ang mga basura na yan.**"

Nabitawan ko lahat ng garbage bag na hawak ko. Hindi ko kinaya! Para samin? Anung ibig nilang sabihin don? Mga basura kami at nababagay samin ang maging tambakan ng basura?

Mga anak kayo ng kwanan!!!

"**Kuya!**" Sigaw ko sa kaharap namin. "**...ang alam ko wala tayong problema, pero baka ngayon meron na!**"

Bahagya pa syang napaatras. Hindi ko naman sya sinisindak pero.....*kingina naman!* Ang sarap manapak! Gagalitin ako ng school na to. Kaunting tiis lang naman hindi na kami magkikita dahil graduate na kami tapos gaganituhin pa kami.

"**Kuya, basura na tong mga to. Alangan namang alagaan pa namin to.**" Sabi ni David. "**Hayaan nyo na ho kaming iwan to dito.**"

Binitiwan nya lahat ng hawak at dinukot ang wallet sa bulsa. Kumuha sya ng pera na sa tingin ko ay nasa 5 thousand din ang halaga.

"**Sapat na siguro to para tumahimik kayo.**" Dagdag pa nya habang inaabot ang pera sa lalaki.

Parang feel ko na ring maging basurera ngayon.

Mabilis naman na kinuha nung lalaki yung pera at ngumiti ng malapad. Labas ang maitim nyang gilagid at naninilaw na ngipin. Buti nalang buo pa kahit parang kinakain na ng bacteria ang bibig nya.

"**Makaka-asa kayo Sir.**" Sagot nung lalaki.

Sinenyasan ako ni David na umalis na. Iniwan namin ang mga garbage bag sa harap ni Kuya. Gusto ko talagang mag-reklamo sa nangyari pero kanino ko naman gagawin yon.

Hindi ako makapaniwala. Sinadya talaga ng school na to na tambakan kami ng basura. Anu bang gusto nilang mangyari?

Nakasimangot ako habang naglalakad. Wala namang kibo tong kasama ko. Aware ata sya na kumukulo ang dugo ko.

Kainis! Lakas maka-peste!

Mabilis kaming nakarating sa gymnasium dahil na rin siguro sa laki ng bawat hakbang ko. Pagpasok na pagpasok pa lang, umalingaw-

ngaw na ang malakas na sigawan. Nag-e-echo pa yon sa buong gusali.

Tinignan ko kung anung puno't dulo ng lahat. Ang mga Ulupong nakikipag-away sa mga Section D.

"**Nana-nadya kayo!**" Sigaw ni Eren sa babaeng kaharap nya.

"**Gagamitin nga namin tong gymnasium, kailangan nyong umalis dito!**" Sabi nung isang lalaki.

"**Ang laki-laki nito! Kahit mahigit 200 pa kayo'ng gagamit dito kakasya at kakasya kayo!**" Inis na sagot ni Mayo.

"**Ano na naman to?!**" Inis na bulong ko.

Patakbo kami ni David na lumapit sa kanila at pumgitna.

"**Anu to?! Anu to?! Ano na naman to?!**" Sabi ko habang nasa gitna nilang lahat.

Hinarap ako ng isa sa Section D. "**Kailangan nyong umalis dito. Gagamitin namin ang gymnasium.**"

Tinignan ko ang buong gusali. Ang lawak ng lugar kung isasama pa ang mga bleacher ang laki-laki ng lugar.

"**Seryoso? Ang laki ng lugar. Bakit kailangan kaming paalisin?**" Iritableng sabi ko.

"**Obvious ba? Hindi namin ma-take na kasama kayo dito.**" Sarcastic na sabi nung isang babae.

Ay gumaganon! Akala ata maganda sya.

Muntik ko ng maduro sa pagmumuka yung babae. Buti nalang at naalala ko pa kung anong pinag-uusapan namin.

Pinag-apir ko ang mga kamay ko. "**Akalain mo nga naman. Hindi rin namin ma-take na kasama kayo! Kaya wag na kayo dito!**"

Inirapan ako nung babaeng inartehan ako kanina. Sundutin ko kaya

mata nya?

"**Miss!**" Tawag sakin nung isang lalaki na kung hindi ako nagkakamali ay yung president nila. "**...ang gymnasium na to ay para sa mga mag-p-P.E. Obviously, andito kayo hindi para sa P.E class. Ginagawa nyo lang tambayan ang lugar na to dahil wala kayong sariling classroom.**"

Abat! Ginagalit din ako nito. Magsasalita na sana ako ng biglang humarang si Yuri.

"**FYI, hindi kami nandito para tumambay. Dito kami nilagay ng management ng school.**" Nag-cross arm sya at halatang naninindak sa pustura nya. "**...Kaya kung may dapat umalis dito kayo yon.**"

Inis na tumawa yung president ng Section D. "**Wag ka mayabang Hanamitchi, kaya ka lang naman uma-asta ng ganyan dahil wala si Watson.**"

Anu namang kinalaman ng Hari dito?

Nagsalubong ang kilay ko habang nakatingin sa Ugok na kaharap ni Yuri. Umaapaw talaga sa kayabangan ang Section na to. Kung tutuusin, lower section naman sila kung wala ang Section E.

Ngumiti si Yuri sa kanya. Yung ngiti na normal lang at parang kaibigan lang ang kaharap. Tinanggal nya ang mga braso sa posisyon at pinatong ang isang kamay sa balikat nitong kausap nya.

"**Tama ka, wala si Watson.**" Bahagya syang lumapit at tumapat sa tenga nya. "**...kaya walang pipigil sakin kapag sinapak kita.**" Pagka-sabi non, dini-inan nya ang pagkakahawak sa braso dahilan para mapa-upo yung isa.

Agad na na-alarma ang Section D at tangkang lalapit kay Yuri pero si David naman ang pumigil sa kanila.

"**Pwede naman nating pag-usapan nalang ng maayos to.**" Sabi nya habang nakagitna. "**...gamitin nyo nalang yung area na kailangan nyo sa gymnasium na to at hayaan nyo nalang kami dito sa bleachers.**"

"**That's not how it's works.**" Sabi ng isang babae taga-Section D. "**...hindi nga kami komportable na andito kayo.**"

"**Kami din naman... hindi kami komportable na andito kayo pero may magagawa ba kami?**" Iritableng sagot ni Denzel.

"**Meron! Umalis kayo! Tapos ang usap!**"

Muli na namang nauwi sa sigawan at sagutan ang pag-uusap. Muka ring malapit-lapit ng magsuntukan ang mga ugok. Sa kalagitnaan ng pagtatalo nila, nakita ko sila Josh, Eren, Drew at Blaster na naglakad palabas ng gymnasium dala nila ang mga bag nila.

Agad ko silang hinabol dahil parang alam ko na ang gagawin nila.

"**Saan kayo pupunta?**" Inis na tanong ko sa kanila.

Huminto sila Eren at Josh pero tuloy-tuloy naman sa paglalakad si Drew at Blaster.

"**Sayang lang effort natin kung makikipag-talo tayo. Obvious naman na pinapa-alis na tayo sa school na to.**" Paliwanag ni Eren.

"**Tama si Eren.**" Dagdag ni Josh. "**...kung hindi mo napapansin, pinaglalaruan nalang tayo dito.**"

Gusto kong sumagot sa sinabi nila. Gusto kong sabihin na mali sila. Pero kahit saang anggulo tignan, ganun na nga ang nangyayari. Muli silang tumalikod at naglakad na paalis. Bagsak ang balikat kong bumalik sa loob ng gymnasium.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter: @lareypot
Instagram: @lareypot
Author's FB Page: Lara Flores - eatmore2behappy

Chapter 247

A/N: Habang nagdadag-dag ako ng chapter, ini-edit ko na rin ang mga naunang chapter. Tinatama ko na yung mga grammar na nire-reklamo....hehehehe

Apat talaga dapat yung i-update ko ngayon. Kayalang nagbago isip ko, inedit ko muna. Masyado pang maaga para palabasin si Keifer—pinabalik ko muna ng London. Next week ko nlng habol yung hindi ko na-Ud.

Thank you so much sa mga wallpaper na ito. @thatAmbivert


TROPA
ni
EATMORE2BEHAPPY


Ang
Mutya
ng
Section
E

TSS...
-KIEFER


I LOVE
ULUPONGS



Thank you sa cover na ito. @MargaPandaaa



Thank you for this cover. Found it on Twitter.


ANG
Mutya
NG
SECTION E
eatmore2behappy



Thank you po dito. Michiie.



Thank you din dito. @madam_baby



Thanks din po dito Nia_WP. From Twitter.

Ang Mutya Ng Section E

eatmore2behappy

Fly

Jay-jay's POV

Unbelibubbles — unbelievable pala!

Kingina kasi! Ginagalit talaga ako ng school na to. Pina-alis kami ng P.E teacher sa gymnasium. Talagang pinamuka pa samin na hindi kami mahalaga sa school na to.

Ang ending? Kanya-kanya ng uwi. Nabwesit na rin tong mga Ulupong na to at ginaya sila Drew na nauna ng umuwi kanina.

"**Jay.**" Tawag sakin ni Yuri. "**...natawagan mo na si Percy?**"

Nag-nod ako sa kanya. "**Papunta na daw sya.**"

Ngumiti sya na parang nag-s-sorry sakin. "**Sorry, meron lang talaga akong kailangang lakarin. Gusto sana kitang ihatid sa inyo.**"

Kanina kasi dapat isasabay na nya ko pero bigla syang naka-receive ng text message. Pinapa-uwi na daw sya at meron silang pag-uusapan ng Lolo nya. Pinaki-usapan nya ko na tawagan si Percy para maihatid ako pauwi.

Ayaw nya kong mag-commute.

Tinapik ko sya sa braso. "**Okay lang, andyan naman si Aries at Percy para ihatid ako.**"

Ngumiti sya ng may pag-aalala sakin. "**Gusto ko talaga na masiguro na magiging okay ka. Delikado ang buhay mo.**"

Yung kay Sato pa rin pala! Kailan ba matatapos ang problema ko sa lalaking yon.

"**Alam ko naman. Pero kagaya nga ng lagi kong sinasabi... Kaya ko sarili ko.**" Mayabang na sagot ko sa kanya.

Kahit sa totoo lang, pakiramdam ko anytime may lalapit sakin para kidnappin ako. Pakiramdam ko tuloy hindi ako pwedeng umalis ng

walang kasama.

Nakita kong palapit si Ci-N at Felix samin. Buti nalang at hinubad na ng Batang Kumag ang mahiwagang kasuotan nya. Nakakahiya naman kung lalabas sya ng school na ganon ang itsura. Pagkamalan pa syang baliw.

"**Uuwi ka na?**" Malungkot na tanong nya sakin.

"**Oo, alam mo namang delikado ang buhay ko.**"

Kelan lang kinumpirma sakin ni Yuri na alam pala ng buong Section E ng pagbabantang nangyayari sakin. Alam din ng Hari yon pero bakit parang wala lang sa kanya?

Napayuko sya at parang lantang gulay na umugoy-ugoy. Malamang to may gustong gawin pero hindi nya magawa.

"**Gusto ko mamasyal kasama ka.**" Parang iiyak na sabi nya.

Yun din gusto kong gawin.

"**Hindi pwede Ci-N. Kailangan nating masiguro ang kaligtasan ni Jay-jay ngayon.**" Sabi ni Yuri.

"**Tama si Yuri. Sumama ka nalang sa paghatid namin kay Jay, kung gusto mo.**" Dagdag ni Felix.

Malalim ang naging buntong hininga ni Ci. "**Sige. Anu pa nga ba.**"

Pati tuloy ako nahahawa na sa kalungkutan nya. Hindi naman kasi dapat ganon.

Hindi nagtagal dumating na ang baliw kong kapatid na kapatid din ni Felix. Oh diba?! Ang yaman namin sa kapatid.

Nagpaalam na samin si Yuri. Nagbilin pa sya ng magtext ako agad sa kanya kung may mangyari man o kailanganin ko sya.

"**Bakit ang aga ng uwian nyo?**" Tanong ni Percy pagsakay namin sa kotse nya.

Mabilis na nagsalubong ang kilay nya ng makita si Ci-N na kasunod kong samakay sa backseats.

"**Mahabang kwento Kuya.**" Sagot ni Felix pero na kay Ci pa rin ang mga mata nya.

"**Bakit kasama nyo yang pandak na yan?!**" Iritableng tanong nya.

"**Sama ako sa paghatid kay Jay.**" Proud na sagot nya.

Napangiwi si Percy. "**Tapos ihahatid din kita? Hindi naman yata makapal ang muka natin nyan, ano?**" Sarcastic na sabi nya.

At nagsimula na nga silang magpalitan ng ma-a-anghang na salita. Halos pareho kami ni Felix na pinili nalang tumingin sa labas ng bintana.

Sa totoo lang ayoko pa talagang umuwi. Masyado pang maaga, wala naman akong gagawin sa bahay. Hindi naman siguro masama na mamasyal kahit sandali. Tsaka kasama ko naman sila.

"**Parang ayoko pang umuwi.**" Sabi ko at parang aso na ngumiti si Ci sakin.

"**Gala tayo!**" Suggestion nya.

Nilingon ako ni Percy na puno ng pagtataka. "**Sigurado ka dyan?**"

"**Tama si Kuya, delikado kung pagala-gala ka lang sa labas.**" Dagdag ni Felix.

"**Kasama ko naman kayo, hindi nyo naman ako papabayaan diba?**" Sabi ko na may paawa effect pang kasama.

Nagtinginan si Felix at Percy na parang sang-ayon sa sinabi ko. Nagtwinkle-twinkle na ko ng mata para dagdag pang-kumbinsi.

"**Sige. Pero dun nalang siguro tayo sa hindi masyado matao.**"

Pare-pareho kaming tumingin kay Percy. "**Saan naman?**" Tanong ko.

"Teka, isipin ko."

Narinig ko ang pagtikhim ni Ci mula sa tabi ko kaya napatingin ako sa kanya.

"Hindi na tayo makaka-alis." Bulong nya. **"...iisipin daw nya, eh wala naman kaya syang isip—."**

Agad kong tinakpan ang bibig nya. Kapag narinig sya nitong driver namin panigurado'ng mag-aaway na naman sila. Baka abutin pa kami ng syam-syam dito.

Baka gabi na andito pa kami at nag-aaway pa sila.

"Alam ko na." Sabi nya at pina-andar ang kotse.

Tinignan ko si Felix sa pagbabakasali na may clue sya sa sinasabi ni Percy pero mukang pati sya wala ding alam.

Binitiwan ko ang bibig ng katabi ko at sinenyasan syang wag magsasalita. Baka kasi kalokohan na naman ang lumabas sa bibig nya.

Hinintay lang namin kung saan kami dadalin nitong baliw kong stepbrother. Tumingin-tingin ako sa labas at ng mapansin kong nagsisimula ng hindi maging pamilyar sakin ang mga kabahayan at gusali, kinalabit ko na sya.

"Asan tayo? Saan punta?"

"Edi sa pasyalan at wala masyado tao don." Sagot nya sakin.

Nagkibit balikat nalang ako at hinayaan sya. Kung saan man nya kami dadalhin bahala na si batman. Wag lang talaga kalokohan to susundutin ko mata nya.

Gagawin kong pula yung blue eyes nya.

Patuloy sa pag-andar ang kotse. Nakatingin ako sa labas ng bintana at napatuwid ako ng puo ng meron akong makita. Puro bata na nagtatakbuhan, mga batang nasa 4 o 6 taong gulang. Mga naka-uniporme pa sila na sa palagay ko ay private school galing.

Unti-unti'ng bumagal ang takbo ng kotse at huminto. Sunod-sunod kaming lumabas sa kotse at halos sabay-sabay din ang naging reaksyon namin.

"**Seryoso? Dito?**" Iritableng tanong ko kay Percy.

Nakangiti pa sya sakin habang nag-nod. Kunot ang noo ni Felix na tumingin sakin. Feeling ko gusto na nyang kutusan si Percy. Tinignan ko naman ang Batang Kumag, sya lang ang mukang masaya sa nakikita nya.

Dalin ba naman kami sa Playground.

"**Gusto ko dito!**" Masayang sabi ni Ci habang naka-approve sign pa sa daliri.

"**Diba? Pasyalan! Walang masyadong tao!**" Proud na sabi ni Percy habang nakaturo ang dalawang kamay sa paligid.

"**Tulok mo!**" Sigaw ko sa kanya. "**...kundi ka ba naman....*Haizzt!!***"

"**Ginawa mo naman kaming bata!**" Dagdag ni Felix.

Kaya pala may mga bata sa daan kanina. Niligid ko ang mata ko at ang malaking gusali sa hindi kalayuan ang nakita ko. May malaking pangalan yon.

Hopes and Joy school of learning. Isang kinder garden. Mukang sa kanila ang palaruan na to.

"**Weeeeeee...**" dinig kong sigaw ni Ci.

Ang bilis ng luko, nakasakay na agad sa swing at naglalaro na.

"**Buti pa sya masaya... yung mga kapatid ko, hindi.**" Parinig ng kulokoy na Blue eyes.

Inirapan ko nalang sya at lumapit kay Ci para umupo sa katabi nyang swing. Enjoy na enjoy ang luko habang nilalakasan ang pag-swing.

Sana hindi ka sana lumipad.

Nag-swing nalang din ako pero hindi kasing lakas ng sa katabi ko.

"**Jay! Tignan mo! Lumilipad ako!**" Sabi nya habang mas nalalakasan.

Napatingin ako sa magkapatid ng ma-upo sila sa sisow. Wala silang nagawa kundi ang maglaro din. Nag-tyaga nalang sila don.

Ay grabe! Nag-eenjoy talaga ako dito!

Hindi pa ako sarcastic nyan. Medyo lang.

"**Ay gago!**" Sigaw ni Felix.

Nasa taas kasi sya at ayaw ibaba ni Felix. Pwede naman syang tumalon pero tuwing tatangkain nya binaba ni Percy ang side nya.

"**Kuya! Gago ka! Ibaba mo ko!**" Sigaw ulit nya.

Natawa nalang ako sa kanila. Lumalabas na kasi ang pagiging isip bata nila. Eto namang katabi ko, literal na bata kaya wala na kong dapat intindihin sa kanya.

Nakigaya na rin ako sa pag-swing. Nilakasan ko na rin at halos maghabulan na kami ng taas ng naa-abot ng paa.

"**Wwweeeeee... hahahahahaha.**" Sabi ko at natawa na rin si Ci.

"**Diba? Sabi sa inyo masaya dito.**" Sabi ni Percy habang iniinis pa rin ang kalaro.

"**Oo na! Ibaba mo na ko!**"

Nagpalakasan pa kami lalo hangang sa bigla nalang syang tumalon ng tumaas ng husto ang swing. Muntik na kong mapasigaw sa pag-aakalang lalagapak sya sa lupa pero parang kasali sa acrobat ang luko at lumanding sya sa lupa habang nakataas ang dalawang kamay.

Wow... pasikat ang luko.

"**Angas!**" Papuri ni Percy sa kanya.

Malawak ang ngiti nya ng humarap sakin habang tuma-taas-taas pa ang kilay. Proud na proud sa ginawa ang luko.

"**Sira-ulo ka!**" Sigaw ko.

"**Galing ko no!**" Pagyayabang pa nya.

Inirapan ko sya. "**Akala mo naman. Ang dali lang kaya non.**"

Ginagawa ko na yon dati pa. Mas mataas pa. Nilakasan ko din ang pag-swing at sinigurado kong mas mataas sa naabot nya kanina.

"**Hoy Jay! Delikado yan!**" Puna sakin ni Percy.

Hindi sila pinansin at nagpatuloy lang. Nang makakuha ng magandang tyempo tumalon ako mula sa swing.

Patay!

Yun nga lang sumabit ang paa ko sa upuan ng swing. Ayun! Lagapak ako, una muka.

"**Aaaggkkkk!**" Sigaw ko.

"**Shit!**" Dinig kong sigaw ni Percy.

"**Jay!**" Sigaw ni Felix kasabay ng sigaw namin.

"**HAHAHAHAHAHAHAHA!!!**" Pasigaw na tawa ng Batang Kumag.

Dahan-dahan akong bumangon mula sa katangahan ko. Ang sakit ng muka ko at balikat na syang unang tumama sa matigas na lupa. Pag-angat ng muka ko, kaharap ko na ang tatlo na nagpipigil ng tawa.

Tang'nang kahihiyan to! Yabang kasi!

"**A-aray ko...**" mangiyak-ngiyak na sabi ko sabay hawak sa noo, ilong at nguso ko.

Nalasahan ko rin ang kaunting lupa mula sa ngipin ko. Buti nalang

at hindi dumugo ang pagmumuka ko.

"**G-gusto mong p-pumunta ng ospital?**" Natatawang tanong ni Percy.

Tinignan ko sya ng masama. Halata namang kasing gusto na nyang tumawa ng malakas.

"**H-hindi ka n-naman nahihilo?**" Tanong ni Felix habang pilit pinipigilan ang matawa.

Ganun din ang ginawa ko sa kanya. Kulang nalang murahin sya ng mata ko para madama na naiinis ako sa ginagawa nila. Namumula ang mga muka at nanlalaki na ang mga butas ng ilong nila dahil sa pagpipigil.

Walang nagsasalita samin hangang sa biglang kumanta si Ci-N.

"**🎶I believe I can fly... I believe I can touch the sky...🎶**"

Kingina tong Bata na to!

Hindi na nakapag-pigil pa ang mga luko. Malakas ang tawanan nila. Napahiga na sa sahig si Felix at napaluhod naman si Percy. Para silang malalagutan ng hininga sa kakatawa.

Ano pa nga ba ang aasahan ko sa mga to? Pinagpag ko nalang ang damit ko sabay punas ng panyo sa muka. Kahit sa totoo lang, naiiyak ako.

Naiiyak ako sa sakit ng muka ko. Naiiyak ako dahil pakiramdam ko tumilapon din ang dignidad ko palayo sakin. Naiiyak ako dahil dito sa tatlong unggoy na to.

Putik! Gusto ko na umuwi.

Napatingin ako sa likod ng tatlong unggoy ng mapansin kong may malapit samin. Tuloy pa rin sila sa pagtawa sakin kaya hindi na nila nakita ang parating.

"**Ayos ka lang Jay?**" Tanong nya.

Nag-angat ng tingin si Ci-N sa kanya. "**Dabid!**" Bati nya.

Sakin pa rin sya nakatingin. "**Nakita ko yung nangyari sayo. Ayos ka lang?**"

Sige. Dagdagan nyo pa kahihiyan ko.

Taka ako napatingin sa kanya. Ganun din sila Felix, Percy at Ci-N. Dahil kasi don sa salita'ng '*nakita*'. Panu mangyayari yon? Walang tao sa paligid kanina. Kaya nga malakas din ang loob naming maglaro dito sa playground.

"**Saan mo ko nakita? Asan ka ba kanina?**" Sabi ko habang tumatayo.

Patuloy pa rin ako sa pagtanggal ng dumi sa damit ko. Tumayo na rin sila Felix.

Tinuro ni David ang gusali ng paaralan na nakita ko kanina. "**Mula don.**"

Halos sabay-sabay kaming napa-'*Ha?*'. Ano to? Eagle eye? Kahit nasa malapit lang yung building hindi naman nya kami makikilala mula don.

"**Kita kasi kayo sa cctv.**" Dagdag nya sabay turo sa poste sa tapat lang namin. "**...napatakbo ako ng makita yung nangyari sayo.**"

Whut? Cctv?! Tang'na!

Ayos! May record pa talaga ng katangahan ko.

"**May cctv sa playground?**" Tanong ni Felix. "**...bakit may cctv dito?**"

"**Para masiguro yung safety ng mga student namin.**"

"**Namin?**" Tanong ni Ci.

"**Samin ang school at playground na to.**" Paliwanag nya at lumapit sakin.

Kumuha sya ng panyo mula sa bulsa nya at pinunasan ang muka ko.

"**Namumula ang noo at ilong mo.**" Sabi nya.

Nakakaramdam talaga ako ng hapdi mula sa noo ko. Wag naman sana nagkaroon ng gasgas ang feslak ko. Sayang ang ganda ko.

"**May sugat ba?**" Tanong ko.

"**Galos, pero maliit lang.**" sagot nya at tinigil ang pag-punas sa muka ko. "**...mabuti pa ipatingin natin yan sa school nurse.**"

"**Hindi na.**" Tanggi ko. "**...wala naman ng masakit sakin.**"

"**Sigurado ka dyan?**" Tanong ni Percy. "**...sa ospital nalang kaya natin patingin. Papa-CT scan kita.**"

Napairap ako sa kanya. Ngayon CT scan samantalang ang lakas ng tawa nya kanina. Pakiramdam ko tuloy aping-api ako, muntik pa kong maiyak sa inis.

OA, ospital agad.

"**Hindi na. Okay naman ako.**"

"**Patingin na natin.**" Pagpipilit nya. "**...kawawa naman ang ulo mo, wala na ngang laman tapos tumama pa.**"

Mabilis ko syang nilapitan at sinabunutan.

"**Gago ka kamo!**"

"**Aray! Yung buhok ko!**" Reklamo nya bago ko sya bitawan.

"**Tado ka eh.**"

"**Ayan, nakapanakit na. Okay na sya!**" Pang-aasar ni Ci. "**...balik sa paglalaro. Dun ako sa slide.**"

Nagtatakbo na ang Batang Kumag sa slide. Mag-isa syang naglaro don pero kahit ganon, todo smile pa rin sya.

Napailing nalang si David sa kanya. Si Percy at Felix naman

bumalik sa sisow. Sa pagkakataon na to gumanti naman si Felix sa kanya. Hinarap ko si David na nakatingin sakin at parang nag-o-obserba.

"**Salamat sa pag-aalala mo. Okay lang ako. Promise.**" Sabi ko sabay ngiti.

Nag-nod sya. "**Mabuti nalang at walang nangyaring masama sayo. Una pa naman ang muka mo.**" Parang nang-aasar ang tono nya.

Napangiwi ako. "**Solid nga eh. Buti nalang makapal ang muka ko.**"

Sing kapal ng mamon.

Bahagya syang natawa. "**Ikaw kasi. Extreme sports pala hanap mo.**"

Ay sige! Mang-asar ka pa. Dama ko yan. Damang-dama!

"**Ginaya ko lang naman si Ci.**" Palusot ko habang naka-yuko.

Napailing sya habang natatawa. Wag lang talaga nya papanoorin sa replay yung nangyari sakin isusumpa ko sya.

Tinignan ko yung gusali na paaralan nila. "**Hindi ko alam na may sarili pala kayong school. Yaman!**"

"**Sa Tito ko talaga ang school na yan pero binenta na nya sa family namin.**" Paliwanag nya.

Nag-nod naman ako. "**Eh umaano ka naman kanina at pinapanood mo kami sa cctv?**"

"**Tinuro kayo ng security guard sakin. Kapareho ko daw kasi ng uniform.**"

Ay ang taray ng security nila.

"**JAY-JAY!**"

Parang naka-stereo ang lalamunan nitong si Ci-N. Sobrang lakas ng sigaw nya na parang may naaksidente. Napatalon tuloy sa sisow sila Felix at Percy sa pag-aakalang may nangyari ng masama.

"**Anu ba yon? Makasigaw ka naman!**" Inis na sabi ko habang palapit sa kanya.

Tumatakbo naman sya palapit sakin. "**May nakita ako!**"

"**Ano?!**"

"**Ano'ng nakita mo?**"

"**Chicks ba?**"

Halos sabay-sabay na tanong namin nila Percy. Naka-cross arm lang naman si David habang nakatingin sa kanya. Nakaturo si Ci sa malayo at parang hindi makapaniwala sa nakita.

"**N-nakita ko! M-may…ano!**"

"**Anu nga!**" Inis na sabi ko.

Pa-thrill tong Batang to!

"**May nakita akong naglalako ng ice cream!**" Nanlalaki pa ang mata nya.

Naitaas ko ang kamao ko at muntik na syang masuntok sa muka. Kung hindi ba naman kasi! Akala ko kung ano na yung nakita nya tapos ice cream lang pala.

"**Kausapin mo yan Jay. Sasaktan ko yan.**" Sabi ni Felix.

"**Saktan mo na. Hindi ka namin pipigilan.**" Sagot ni David.

Napansin ko si Percy na palapit kay Ci. Seryosong-seryoso ang muka nya. Nang makalapit, huminto sya at pinatong ang isang kamay sa balikat ng Batang Kumag.

Akala ko kug anong gagawin nya. Expected ko na napikon na sya at may balak syang saktan yung isa pero nagsimula syang magsalita na

ipinagtaka namin.

"**Sabihin mo ang totoo.**" Seryosong sabi nya.

Pati si Ci nagtataka narin sa kanya.

Mukang nababaliw na naman sya.

"**Sabihin mo.**" Pag-uulit nya na parang may galit na. "**...sabihin mo sakin!**"

"**A-anung sasabihin k-ko?**"

"**Sabihin mo kung nasan ang ice cream!! Ituro mo!**" Sigaw nya at animong mahalagang tao ang hinahanap nya.

Hinawakan ni Ci ang balikat nya. Malungkot ang muka at parang iiyak.

Parang alam ko na kung saan papunta ang eksenang to.

"**Masakit mang sabihin to pero...**" huminga sya ng malalim. "**...naka-alis na! Malayo na sya mula dito!**"

Bigla nalang umatungal si Percy. Daig pa nya nawalan ng mahal sa buhay sa pag-iyak. Wala namang luha.

"**Hindi! Hindiiii....Bakit kailangang mangyari to?!**" Sabi pa nya at napaluhod na.

Sinabayan naman sya ni Ci-N sa kalokohan. Umiyak-iyak din ang luko.

"**Wala na tayong magagawa. Malayo na sya!**" Sabi nya.

Lalu pang umatunggal ang luko. "**Bakit hindi mo sinabi agad?!**"

"**Sinubukan ko pero mabilis ang kilos nya.**"

Pare-pareho naming nasampal ang mga noo namin. Kagaya nga ng sinabi ko dati, hindi talaga pwedeng magsama ang dalawa na to.

"**Ang O.A nyo!**" Inis na sabi ni Felix.

"**Stop the drama. Ayan na yung ice cream vendor.**" Sabi ni David at sakto naming narinig ang kanta ng ice cream.

Parang may pitik sa utak ang dalawa. Mabilis na tumayo at nagseryoso ng muka. Nang matanaw yung ice cream vendor nag-unahan pa sila sa paglapit. Muntik pang madapa si Percy.

"**Yup... they are ready to die for ice cream.**" Umiiling na sabi ni David at tumingin sakin. "**...gusto mo ba?**"

Sinong aayaw sa ice cream.

"**Ako, hindi mo aalukin?**" Tanong ni Felix.

"**Hind na. Alam ko namang gusto mo din.**"

Mabilis na sumibangot itong isa. "**Kapag si Jay-jay ang bilis-bilis mo. Sumbong kaya kita dyan kay—.**"

Hindi na nya natuloy ang sasabihin ng makitang nakatingin ako sa kanya. Ngumiti lang sya at lumakad na palapit kila Percy.

Anung ibig nyang sabihin? Pati sya may contact kay Keifer. Ang galing! Ang galing-galing!

Binalingan ko si David at tinignan ng masama. "**Hoy! Ikaw! May contact ka rin ba si pesteng Ulupong na yon?!**"

Bigla syang umiwas ng tingin. "**Well... He called me once but it never happened again.**"

Abaka matinde!

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter: @lareypot
Instagram: @lareypot
Author's FB Page: Lara Flores - eatmore2behappy

Chapter 248

A/N: Mukang aabutin ng 2years ang AMNSE. Hahaha wag naman sana! Excited na kong isulat ang story ni Angelo.

Thank you po sa cover. Bellesky_22


AMNSE:
THE DARK SIDE
@eatmore2behappy


AMNSE:
THE DARK SIDE
@eatmore2bahappy

AMNSE:
THE
DARK
SIDE
@eatmore2behappy

Thanks din po dito. Msnotsokindgirl


Ang Mutya ng Section E
THE DARK SIDE
BY:EATMORE2BEHAPPY
PIC•COLLAGE

Thanks din po dito. jcfeb28

ang mutya ng
section E
dark side
byeatmore2behappy

Thank you po dito. @scarlt_cacai26

Ang Mutya ng Section E
DARKSIDE
by:eatmore2behappy

Ang Mutya ng Section E

DARKSIDE

by:eatmore2behappy

ANG MUTYA NG SECTION E
DARKSIDE
by:eatmore2behappy

Ang Mutya ng Section E
DARKSIDE
by:eatmore2behappy

Ang Mutya ng Section E
DARKSIDE
by:eatmore2beahappy



Dora vs Diego

Jay-jay's POV

"**Eto po bayad.**" Sabi ni David habang inaabot ang pera sa ice cream vendor.

Nagpasalamat naman yung lalaki sa kanya bago umalis. Pagharap nya sakin natigilan agad sya.

Matunaw ka sa tingin ko. Kingina mo!

"**B-bakit?**" Tanong nya.

"**Naiinis ako...**" mahinahon kong sabi sabay kuha ng ice sa kamay nya. "**...salamat dito.**"

Tinalikuran ko na sya at naglakad papunta sa kahihiyan ko. Kung saan lumagapak ang muka ko. Kainis kasi!

Minsan na nga lang mag-yabang ganun pa yung nangyari. Sana man lang pinagbigyan ako kahit minsan.

Naupo ulit ako sa swing at sinimulang lantakan ang ice cream. Huli ko na napansin na sumunod pala sakin si David.

"**Bakit ka naiinis? May ginawa ba ko?**" Tanong nya at naupo sa swing na katabi ko.

Inirapan ko sya. "**Naiinis ako dahil kayo nakaka-usap nyo yung Hari. Samantalang ako, nga-nga!**"

Napailing sya habang natatawa. "**Like what I said before, he called me ONCE.**" May diin talaga yung huling salitang sinabi nya.

"**Kahit na! Minsan ko lang ding syang nakausap tapos hindi man lang ako kina-musta!**" Reklamo ko.

Punyeta ka talagang Hari ka!

Isang buwan ang sabi nya sakin pero bakit pakiramdam ko isang taon na ang nakalipas kahit linggo pa lang talaga. Pag-balik talaga ng ugok na yon, sisipain ko sya sa muka.

"**Kinamusta ka nya sakin.**" Sagot nya na nagpatigil sakin.

Sakto pa namang naka-dila ako sa ice cream.

"**Kinamusta nya ko sayo? Seryoso?**"

Nag-nod sya. "**Binantaan din nya ko.**"

Binantaan?!

"Tungkol naman saan?"

"Sabi nya wag daw kitang popormahan. He will punch my soul out of my body."

Ay wow! Likas talaga ng pagiging Gago ng Hudas na yon. Kundi ba naman talipandas ang hudlong. Binantaan nya si David matapos akong kamustahin? Binantaan nya yung taong nag-aasikaso sakin na dapat sya ang gumagawa.

"Tarantado'ng yon." Sabi ko at pinagpatuloy ang pagkain.

Napatingin ako kila Ci-N at Percy ng mapansin kong tahimik sila. Ganun din si Felix na kasalukuyang kumakain ng ice cream. Nagpabili din kasi sya kay David.

Busy ang mga ugok.

Tinitigan ko si Ci. Sya lang ang namumukod tanging may kakayahang kontakin ang pesteng demunyung Hari ng mga Ulupong. Pero pinagkakaitan nya ko na tulungan ako'ng maka-usap sya. Utos daw kasi sa kanya.

"Tingin mo ba, babalik pa sya?" Tanong ko kay David ng hindi tumitingin sa kanya.

"Dipende." Sagot nya na pinag-taka ko.

Kunot noo akong humarap sa kanya. **"Panu'ng dipende?"**

Naging seryoso ang mga tingin nya sakin. **"Dipende kung may babalikan pa ba sya."**

Sinabayan ko ang mga tingin nya. Alam ko ang ibig nyang sabihin. Alam kong ako ang tinutukoy nyang babalikan ng impaktong yon.

Napa-isip ako. May babalikan pa nga ba sya? Magkabila ang problema, idagdag pang may nagtatangka sakin. Panu kung....huli na ang lahat pagbalik nya?

"Ewan." Sagot ko sabay iwas ng tingin.

Pinagpatuloy ko ang pagkain ng ice cream na unti-unti ng natutunaw. Pati pasensya ko baka maging ganito na rin. Natutunaw na sa inis ko sa bwisit na lalaki na yon.

Kingina kasi!!

Potaena nya talaga! Pagbalik nya dito, kung sakali mang alive and kicking pa ko—papalubugin ko sya sa mura. Hinayupak sya!

Matapos maubos ang ice cream sinubukan kong maghanap ng tissue sa bag ko. Kayalang mukang naubos na.

"**Oh.**" Walang ganang sabi ni David habang inaabot ang panyo. "**...wag mo na ibalik, sayo na.**"

Tinignan ko muna yung hawak nya bago kuhanin. "**Ikaw na marami pambili ng panyo. Salamat.**"

Pinunasan ko na yung bibig at kamay ko. Ibabalik ko pa sana sa kanya ng maalala ko yung sinabi nya. Wag na daw ibalik. Iba talaga ang rich kid.

"**Anu oras kaya sila matatapos?**" Tanong nya habang nakatingin kila Percy at Ci.

Tinignan ko rin yon at nagsalubong ang kilay ko ng mapansin kong nag-aaway sila. Kanina lang tahimik sila—ubos na siguro yung kinakain nila. Mabilis akong tumayo at lumapit sa kanila.

"**Mas magaling si Dora, nakakapunta sa kahit saan!**" Inis na sabi ni Ci.

"**Si Diego! Nagliligtas ng kauri mo yon!**" Bawi naman ni Percy.

Napangiwi ako at hinanap si Felix. Nakita ko naman sya sa hindi kalayuan at kulang nalang mapermanente na yung reaksyon nya sa muka nya.

Halata kasing hindi sya natutuwa at gusto ng manampal ng Kuya. Muli kong tinignan ang dalawang walang humpay sa pagtatalo.

"**Wag ka epal! Hindi naman makalabas ng gubat si Diego!**"

"Kesa naman kay Dora hindi nagpapa-alam sa magulang!"

"Puro hayop lang naman ang nakakaharap ni Diego!"

"Si Dora mukang hayop! May mapa pa—hello?! GPS na kaya!"

"Hello?!" Pang-gagaya nya kay Percy. **"...survival training yon kapag wala signal ang GPS!"**

Kulang nalang pumitik-pitik ang kilay ko pataas. Napaka-walang kwenta ng pinag-aawayan nila. Napapabuntong hininga nalang kami sa ginagawa nila.

"Hello?!" Singit ko sa kanila. **"...napakababaw nyang pinag-aawayan nyo!"**

Lumapit sakin si Ci at nag-pout. **"Sya kasi! Inaaway nya si Dora!"**

"Talaga namang mas maganda yung show ni Diego!" Pagpipilit ni Percy.

"Nagtalo pa kayo? Pareho namang walang saysay yan! Mas maganda si Pepa Pig!" Inis na sabi ko.

Oo...sige, Jay! Sumali ka!

Ang papanget ng mga show na sinasabi nila. Mga luma naman yung mga yon. My gad! Grade school pa ata ako nung pinalabas yung mga yon.

"Wow Jay, ang ganda ng cartoon na sinabi mo." Sarcastic na sabi ni Felix.

"Panget din yon!" Galit na sigaw ni Percy. **"*Dadey! George iz miszing!*"** Sabi nya habang ginagaya ang accent nila Pepa.

Napangiwi ako. Ang pangit pala nya kapag ganun sya magsalita. Hindi bagay sa kanya ang may accent.

"Seriously?!" Iritableng tanong ni David. **"Mag-aaway talaga kayo ng dahil sa mga show na yan?"** Napailing-iling sya. **"...childish."**

Tinignan sya ng masama ni Ci. "**Bakit ikaw? Ano pinapanood mo?**"

"**Care bear.**" Walang alinlangan nyang sagot.

Halos sabay-sabay kaming napahagalpak ng tawa. Muntik pa kong mapa-upo sa sahig dahil sa panlalambot. Maging sila Percy at Ci-N ay napahawak sa tuhod. Napapailing-iling naman si Felix.

Childish daw, sya rin naman pala.

May ilang minuto din kaming nagtatawanan ng marinig ko ang cellphone ko na tumutunog mula sa bag. Kinuha ko yon at tinignan kung sino ang tumatawag.

Horoscope calling...

Nanlaki ang mata ko ng makita ang pangalan nya. Sasagutin ko na sana pero kusa ding namatay. Dun ko lang din nakita na tadtad na pala ng text messages ang cellphone ko.

30 messages mula kay Aries. 5 naman galing sa GagongBaliw. 1 naman galing sa unknown number.

Bigla nalang akong kinabahan dahil sa unknown number na yon. Kusang gumalaw ang mga daliri ko para buksan ang messages nya.

From: *+639***********
Message: *keep playing, I'm watching you.*

Nanginig ang kamay ko kasabay ng mabilis na tibok ng puso. Ayokong iligid ang paningin ko dahil natatakot akong makita sya dito.

Akala ko ligtas ako kapag kasama ko ang mga kaibigan ko pero mukang hindi ganon. Alam kong hindi na dapat ako matakot dahil isiniksik ko na sa isip ko yon pero.....*kingina lang!* May impact pa rin sakin yung mga death threats nya.

"**Jay...**" tawag sakin ni Percy. "**...may problema ba?**"

Mabilis akong umiling. "**Si Aries kasi, pinapa-uwi na ko.**"

Tinignan ni David ang relo nya. "**Kailangan ko na rin pa lang bumalik. Ingat kayo sa pag-uwi.**" Sabi nya at naglakad na pabalik sa building ng school nila.

"**Uuwi na tayo?**" Malungkot na tanong ni Ci.

"**Oo, tama na ang paglilibang. Masama'ng makampante lalo na para sa buhay ni Jay.**" Sabi ni Felix.

Napayuko naman yung Batang Kumag. "**Ay...**"

Naglakad na palapit sakin si Percy. Naging kakaiba ang tingin nya na para bang alam nya ang tunay na dahilan ko.

"**Uwi na. Baka gabihin din tayo.**" Sabi nya at nilagpasan ako. Hahahahaha

Sumunod naman kami sa kanya. Sa pagkakataon na yon hindi ako tumingin sa kahit na anong doreksyon. Tuloy-tuloy lang ang lakad ko habang tanging likod lang ni Percy ang sinusundan ko.

Huminto sya sa tapat ng kotse nya. Kasunod parin namin sila Ci. Pagbukas ng pinto mabilis akong sumakay. Ramdam ko ang pagtataka nila.

"**Uwi'ng-uwi ka na ba?**" Tanong ni Felix.

Alanganin akong ngumiti. "**Medyo. Nagagalit na kasi si Aries.**"

Nang makasakay na kaming lahat pina-andar na ni Percy ang kotse. Panay ang salita ni Ci-N at nag-re-request na bumalik don. Hindi ko na magawang intindihin ang sinasabi nya.

Sya ulit ang una naming hinatid sa condo nya. Naging tahimik na kami—sa wakas. Pero hindi pa rin mawala ang nararamdaman ko.

Relax lang Jay.

Nakarating na kami sa bahay at mabilis akong nagpaalam at nagpasalamat sa kanila. Patakbo akong pumasok sa bahay at muntik pa kong madapa.

"**JAY-JAY!**"

"**Ay kabayong palaka!**" Sigaw ko dahil sa gulat.

Kundi ba naman kasi! Kailangan talaga naninigaw?!

Putik! Kala ko nalaglag ang puso ko!

"**Where the fvck have you been?!**" Galit na tanong sakin ni Aries.

"**S-sa ano.... dyan sa... nag-ano k-kasi—.**"

"**Ano'ng nangyari sa muka mo? Bakit namumula ang noo at ilong mo? Gasgas ba yan?**" Sunod-sunod na tanong nya habang lumalapit sakin.

Hinawakan nya ko sa panga at pinatingala para maiharap ang muka ko sa kanya. Tinignan nyang mabuti ang muka ko.

Panu ko kaya sasabihin sa kanya na lumagapak ako at una ang muka?

Binitiwan nya ang muka ko at hinawakan ako sa kamay. "**Tara nga.**" Medyo inis na sabi nya.

Hatak-hatak nya ko papunta sa kusina. Puno ng pagtataka ang itsura ko. Hindi ko alam kung bakit pero naninibago pa rin ako sa mga kilos nya.

Pagdating don pina-upo nya ko sa isa sa mga stool bago lumapit sa mga drawer. Naghalungkat sya ng kung ano don bago lumapit sa ref at nanguha ng yelo.

Salubong ang kilay nya na lumapit sakin hawak ang isang ice bag.

"**Saan ka ba kasi sumuot?**" Inis na tanong nya bago idikit sa noo ko yung hawak nya.

Hinawakan ko yung ice bag para bitawan nya. Halata pa rin ang pagka-irita nya.

Sorry naman. Minsan talaga uso din ang tanga.

"**Nagpasikat kasi ako. Kayalang lumagapak ako.**" Mahinang

paliwanag ko.

Napataas ang isang kilay nya. "**Don't tell me, una ang muka mo?**"

Hindi ako sumagot. Don't tell me daw eh. Edi don't tell. Unti-unti sumilay ang nakakainis na ngiti sa labi nya.

"**Seriously?!**" Hindi ulit ako kumibo at nagsimula na syang tumawa ng malakas. "**...Ang tanga!**"

Mabilis ko syang tinignan ng masama habang binaba ang ice bag. Napaka nitong tao na to! Tanga talaga?! Hindi ba pwedeng aksidente lang?

Yes! It's an accident!

Ang sarap nyang panooring tumawa tapos hahambalusin ko yung muka nya. Kayalang pag-ginawa ko yon malamang tamaan ako ng matindi-tindi sa kanya.

May ilang minuto din syang tumawa bago kumuha ng tubig para uminom. Napapailing pa sya habang naglalakad palapit ulit sakin.

"**So, did you learn something from your own stupidity?**" Tanong nya habang naka-cross arm.

Nag-nod ako. "**Wag papatol sa kayabangan ng bata.**"

Taka nya kong tinignan. "**Bata?**"

"**Si Ci-N. Nag-feeling acrobat kasi sya sa swing tapos naki-gaya ako.**"

Unti-unti'ng nawala ang ngiti sya. Napayuko sya sandali bago alisin ang mga braso sa pagkaka-pwesto. Dumiretso din sya ng tayo.

"**Kasama mo pala sya. Let me guess. Kasama mo din si Percy.**"

Napaiwas ako ng tingin. Alam ko namang masama ang loob nya kay Percy pero wag naman sana nyang ipahalata na hindi okay sa kanya na malaman na magkasama kami.

"Pipilitin mo ba kong iwasan sya?" Hindi ko matago ang bakas ng kalungkutan sa boses ko.

"Dati ko pa sinabi sayo na iwasan sya diba? Ginawa mo ba? Tsaka ngayon pa, kung kelan may nagtatangka sa buhay mo."

Oo nga naman.

Pero may bahagi ko pa rin ang nanghihinayang. Kailangan kong iwasan na magkwento sa kanya kapag kasali si Percy.

"Hindi na ba kayo magbabati?" Seryosong tanong ko.

Kinuha yung ice bag sa kamay ko at sya ang nagdikit sa noo ko. Ngumiti sya ng pilit.

"Hindi na siguro. Magirap buoin ang samahan na nagkalamat na."

Pero ramdam ko ang panghihinayang sa boses nya. Ramdam ko na may bahagi nya na gusto ring balikan yung dating samahan nila. Ramdam ko at kita ko sa mga mata nyang malungkot na nakatingin sa kamay nya'ng may hawak ng ice bag.

Kung may magagawa lang sana ako para sayo.

"Saan kayo nag-room kanina? Wala kayo sa auditorium o gymnasium." Pag-iiba nya sa usapan.

Napangiwi ako. Mukang hindi nya alam na pina-alis kami sa gymnasium kanina. Ayoko'ng palalain ang nangyari.

"M-maaga kaming pina-uwi. Home study nalang yung ibang lecture." Sagot ko sabay ngiti.

Parang alanganin ang itsura nya kung tatanggapin ba nya ang sinagot ko. Sa huli pinili nalang nyang magkibit ng balikat.

Nang matunaw na yung yelo sa ice bag, tinapon na nya ang laman non at binalik naman sa drawer. Naghugas din sya ng kamay.

"Magbihis ka na. Papahanda ako ng miryenda sa mga Maid."

Utos nya sakin.

Pagkain!!

Nag-nod ako at tumalon mula sa stool na inuupuan ko. Maglalakad na sana ako palabas ng kusina ng tawagin ulit ako ng mahiwagang kapalaran.

"**Yes?**" Sagot ko.

"**Kaninong number yung tinawagan mo kagabi?**"

Sa GagongBaliw. Gusto ko sanang sabihin sa kanya yon kayalang baka pareho lang sila ng sasabihin ni Yuri.

Baka utusan lang din nya ko na wag na kausapin ang lukong yon. Kaya ayokong ipalaam don sa isa eh.

Ngumiti ako sa kanya. "**Sa isang kaibigan. May pinasabi lang ako.**"

Nag-nod sya bilang pagtanggap sa sagot ko. "**How about Keifer? Do you have a contact with him?**"

Napayuko ako bago umiling. "**Wala akong contact sa kanya.**"

At yun ang masakit na katotohanan. Wala akong narinig na salita mula sa kanya kaya tinignan ko sya. Nakatitig sya sakin na para bang meron syang inaalam.

"**Bakit?**" Tanong ko at mabilis syang umiling.

"**Natanong ko lang.**" sagot nya at sinenyasan akong magpatuloy na.

Nagkibit balikat nalang ako at patakbong nagpunta sa kwarto ko. Mabilis akong nagpalit ng damit pero hindi muna ko lumabas. Kinuha ko yung cellphone ko at tinignan ang mga messages na karamihan ay galing kay Aries.

Pero hindi yun ang una kong tinignan. Yung text ng GagongBaliw.

From: *GagongBaliw*
Message: *Just wait and we'll finally be together.*

Ang weird ng text nya. Anung sinasabi nyang together? Ang lakas ng tama ng isang to sa utak.

Nireplyan ko sya.

To: *GagongBaliw*
Message: *Pinasbi mo ba yung mensahe q ky Keifer?*

Hinintay ko ang magiging sagot nya. Hindi naman ako nabigo dahil ilang sandali lang at dumating ang sagot nya.

From: *GagongBaliw*
Message: *Yes.*

Ang tipid ng sagot! Jusme! Hindi man lang sabihin sakin kung anu reaksyon ng luko.

To: *GagongBaliw*
Message: *Anu sv?*
(Anu sabi?)

Tutok ang mga mata ko sa screen ng cellphone ko. Kulang nalang magsanib pwersa na yung muka ko at etong cellphone ko. Buti nalang at hindi nagtagal ang reply ng luko.

From: *GagongBaliw*
Message: *I Love You*

Napatitig at napakurap-rap pa ko bago mag-sink in sa utak ko yung reply ng GagongBaliw. Sa simpleng text na yon. Bakit parang iba ang impact sakin?

Bakit parang sya ang nagsabi non at hindi si Keifer?

O baka naman talagang sya ang Hari ng mga Ulupong? Kailangan ko na talagang maka-isip ng paraan para malaman kung tama nga ang hinala ko.

Manghingi na kaya ako ng tulong. Kay Yuri, Percy o kaya kay Aries.

Kahit sino sa kanila, basta sureness na matutulungan ako.

Hindi ko na nireplayan ang ugok. Pabato kong binitawan ang cellphone ko sa kama at lumabas na ng kwarto. Diretso sa kusina at masamang pinaghihintay ang miryenda.

"...stop bothering her."

Boses yun ni Aries. Nakita ko syang naglakad palabas ng bahay. Balak ko na sanang hindi sya pansinin pero paran narinig kong binanggit nya ang pangalan ko.

Nangati na naman akong maki-tsismis sa kanya. Sinundan ko sya pero hangang sa pinto lang ako.

"Mas mabuti kung magsimula ka na ng buhay dyan."

Napakunot ang noo ko. Sinong sinasabihan nyang magsimula ng buhay sa kung saan?

"Tama na.... Tumigil ka na. Ako ng nakiki-usap sayo. Tigilan mo na ang kapatid ko."

Teka lang... Bakit pakiramdam ko—.

"Please Keifer."

Parang may sariling isip ang mga paa ko na tumakbo palapit kay Aries. Mabilis ding gumalaw ang mga kamay ko para kuhanin ang cellphone sa kanya at idikit yun sa tenga ko.

"Keifer! Naririnig mo ba ko?! Keifer!" Sigaw ko.

Sinubukang agawin ni Aries ang cellphone nya kaya hindi ko narinig kung sumagot ba ang peste sakin.

"Jay! Anu ba?!" Sigaw ni Aries.

"Bitaw! Gusto ko lang syang maka-usap!"

Pa-ulit-ulit kong hinampas ang kamay nya para bitiwan ang cellphone. Hindi naman ako nabigo at mabilis kong kinuha ang

pagkakataon para tumakbo palayo. Dumiretso ako sa kwarto ko at ni-lock ang pinto.

Tinignan ko yung cellphone ni Aries para malaman kung nasa linya pa sya. Dinikit ko agad sa tenga ko yun.

"**Keifer! Magsalita ka please!**" Paki-usap ko.

Pero wala akong naririnig na ingay mula sa side nya. Hindi ko maiwasan na hindi manlambot. Napaupo ako sa sahig kasabay ng pagbagsak ng luha ko.

"**H-hndi ko maintindihan. Bakit hindi mo ko kinaka-usap? B-bakit yung iba nagagawa mong tawagan? Bakit ako hindi?!**" Huminga ako ng malalim. "**...Keifer! Bakit?!**"

Wala pa rin akong naririnig mula sa kanya. Siguro nga, ayaw talaga nya kong kausapin. Siguro nga.....ayaw na nya.

Iniiwasan kong mapaha-gulgol ng iyak. Ayokong iparinig sa kanya na hirap na hirap ako sa ginagawa nya. Na nasasaktan na naman ako.

Pinag-iisapan ko kung papatayin ko na ba ang tawag. Wala naman kasi akong naririnig. Wala akong magagawa kung ayaw nya kong kausap.

Nanginginig ang kamay ko. Balak ko na sana'ng ilayo ang cellphone mula sa tenga ko ng nay marinig ako. Mga salitang hindi ko pa naririnig sa kanya simula ng makilala ko sya.

["*Jay.... I'm sorry.*"]

Pero hindi non pinagaan ang loob ko. Sa muling pagkakataon, nadurog na naman ako ng mga salitang nang-galing sa kanya.

Matagal kong inasam na humingi sya ng tawad sakin. Sa lahat ng kalokohan nya at pananakit nya sakin. Inaasahan ko na yun ang aayos ng lamat sa puso ko pero...

Yun din pala ang dudurog sakin.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter: @lareypot
Instagram: @lareypot
Author's FB Page: Lara Flores - eatmore2behappy

Chapter 249

A/N: Dalawa lang po muna.

Thank you po sa cover. giyadec



Thank you po sa cover na ito.
Raye Busa.



Thank you din po dito. @PrincessNerdy25

ANG MUTYA NG
NG SECTION E
The Dark Side
EATMORE2BEHAPPY

Ang Mutya Ng Section E
The Dark Side
by: allmore2behappy

ANG MUTYA NG
SECTION E
The Dark Side
By: eatmorebchappy

What now

Jay-jay's POV

Hindi ako nakatulog ng maayos. May pabaon na namang eyebags ang mga mata ko. Wala na naman ako sa sarili. Tulala at mag-iisang oras na akong nakaharap sa salamin at nagsisipilyo.

Pudpod na yata ang ngipin ko.

Nakarinig ako ng katok mula sa pinto ng kwarto ko kasabay ng pagsigaw.

"Bilisan mo! Mala-late na tayo!"

Si Aries yon. Malalim na buntong hininga ang ginawa ko. Nagmumog ako ng bibig at hinugasan ang toothbrush ko bago

lumabas ng banyo. Dumiretso ako sa pinto at binuksan yon.

Mabilis na nagsalubong ang kilay nya ng makitang hindi pa ko naliligo.

"**Anu yan?! Anung oras na?!**" Inis na sabi nya.

Bored ko syang tinignan. "**Ewan ko. Diba may relo ka? Bakit hindi mo—ARAY!**"

Muntik na kong mapa-upo sa sahig sa lakas ng pagkaka-kutos nya sakin. Dalawang kamay ko ang nakahawak sa ulo ko habang maluha-luha.

Taena neto! Parang hindi tao mangutos!

"**Aray naman ay! Ang sakit-sakit non!**" Inis na sabi ko sa kanya.

"**Pwede tigilan mo na yan!!**" Galit na sagot nya. "**...masyado kang nagpapa-apekto sa lalaking yon!**"

Tang'na naman ih!

Akala naman kasi madaling HINDI magpa-apekto. Kung sya nga hangang ngayon may tama pa kay Ella. Akala nya hindi ko alam yun ah! Hindi pa kasi magbalikan kung magbabalikan. Dami pang arte!

Edi kayo na may lovelife!

"**Kainis naman! Mauna ka na nga! Papasundo nalang ako sa mga Ulupong!**"

"**What Ulupong?**" Takang tanong nya.

"**Mga kaklase ko.**"

Halatang nag-alangan sya kung papayag ba sa sinabi ko. Pero kung hindi pa sya aalis, mala-late talaga sya. Hindi pa naman pwede sa kanila ang late dahil higher Section sila.

"**Sige. Bahala ka. Pero itext mo ko ah? At wag kang aalis ng**

bahay hangat wala ang sundo mo." Mahigpit na bilin nya habang nakaduro pa sakin.

"Oo na! Layas na!"

Tinalikuran na nya ko kaya sinara ko na ang pinto. Bumalik ako sa banyo at pinagpatuloy na ang ritwal—este ang pagligo.

Ang totoo, wala talaga akong balak magpasundo sa kahit na kanino sa mga Ulupong. Hindi ko na sila idadamay sa pagiging late.

Kung yung pagbabanta ni Sato bahala na. Kailangan ko talagang harapin ang takot ko. Walang mangyayari sakin kung magpapasindak ako sa kanya. Ni hindi ko nga sya kilala, baka mamaya hangang banta lang pala sya.

Babad na babad ako sa tubig at kundi pa nangulobot ang balat sa daliri ko hindi ko pa maiisipan na umalis sa ilalim ng shower.

Pagkatapos mag-punas tinignan ko yung muka ko sa salamin. Nawala na yung pamumula at may kakaunting galos nalang. Nag-ayos na ko at nagbihis.

Habang nagsusuot ng sapatos narinig ko ang pagtunog ng cellphone ko. May text na dumating. Tinapos ko muna yung ginagawa ko bago tignan yon.

Galing kay Yuri yung text.

From: *Pres.Yuri*
Message: *saan kana? Bakit wala ka pa?*

Mabilis naman akong nagtype ng sagot sa kanya.

To: *Pres.Yuri*
Message: *bahay pa. Mala-late ako.*

From: *Pres.Yuri*
Message: *late ka na. Sunduin kita.*

Posibleng nasa school na sya dahil sa pagtatanong nya. Nakakahiya ata kung babalik pa sya dito para lang sunduin ako.

To: *Pres.Yuri*
Message: *wag na. Paalis na ko bhay. Kita nalng dyan.*

Hindi ko na hinintay ang sagot nya. Inayos ko na ang mga dadalhin ko. Tinignan ko din kung may nakalimutan ba ko. Nang masiguro kong okay na ang lahat tsaka lang ako lumabas.

Nag-paalam ako sa isa sa mga maid. Paglabas ko ng gate, napansin ko ang padating na taxi. Medyo nakaka-pagtaka dahil wala namang masyadong taxi na dumadaan dito sa village.

Yayamanin ang mga tao dito. Naka-kotse!

Pero kahit ganun pinara ko pa rin. Siguro baka naghatid lang ng pasahero sa hindi kalayuan. Huminto ang taxi sa tapat ko.

Minabuti kong sumakay na kesa mag-abang pa sa kanto. Baka mamaya nasa paligid na naman si Sato.

Pagsakay ko sa loob hindi ko agad napansin na may naka-upo sa tabi ng driver. Naisara ko na yung pinto bago ko nakita na meron na pala syang pasahero.

"**Ay sorry. Meron na pala kayo—.**" Hindi ko na natuloy ang sasabihin ko ng marinig ko ang pag-lock ng pinto.

Sinubukan ko agad na buksan ang pinto pero huli na. Mabilis na humarurot ang sasakyan paalis.

"**S-sino kayo?! Anung k-kailangan nyo sakin?!**" Sigaw ko habang kinakalampag ang bintana ng kotse.

Walang kumikibo sa kanila at lumilingon sakin. Parehong naka-bonet at naka-itim na tshirt o jacket. Kinuha ko ang pagkakataon para kuhanin ang cellphone ko at mag-dial ng number.

Mukang napansin ako ng isa sa kanila. Nilingon ako ng naka-upo sa tabi ng driver at sinubukang abutin ang cellphone ko. Pinang-harang ko ang paa ko sa kanya para hindi sya maka-lapit.

"**Ibigay mo sakin yan!**" Pasigaw na utos nya.

"Ayoko! Lumayo ka sakin!"

Pinagsisipa ko rin sya para hindi ako ma-abot.

Tinignan ko ang cellphone ko at napansin kong tumatawag si Yuri. Agad ko yung sinagot.

"YURI!" Sigaw ko habang nilalayo ang cellphone.
"...TULUNGAN....MO....KO! TULUNGAN....MO KO! MAY KUMI....KIDNAP....SAKIN!"

"SINABING AKIN NA!!" Sigaw ng lalaki sabay agaw sa cellphone ko.

"IBALIK MO YAN! YUUURRRIII!!!"

Pinatay na ng hudlong yung tawag at pabatong hinagis sa dashboard ng kotse. Sa sobrang inis ko pinag-sisipa ko yung mga upuan nila.

"Patigilin mo yan! Baka ma-aksidente tayo!" Sigaw nung driver dun sa kasama.

Bago pa man maka-kilos yung kasama nya'ng kumuha ng cellphone ko. Sinakal ko na ang luko gamit ang braso ko mula sa likod nya. Naka-headlock sya sakin.

Masakit sa braso pero diniinan ko sa abot ng makaka-kaya ko.

"P-pre! P-patay-yin a-ako nit-to!" Hirap na sabi nya.

Sinubukan akong pigilan ng isa pero hindi sya makapag-concentrate dahil sa pagmamaneho nya.

"Bitiwan mo yang kasama ko!" Sabi nya at pilit ina-alis ang braso ko.

Binaon nya ang kuko nya sa balat ko kaya napahiyaw ako pero lalo ko pang hinigpitan ang pagkakasakal.

"Putang*na kang babae ka!" Sigaw ng driver habang nakatingin sa daan.

"**Tang'na mo kang lalaki ka!**" Sagot ko sa kanya.

Akala mo ikaw lang marunong mag-mura!

Lalung bumaon ang kuko nya. Sa sobrang sakit lumuluwag na ang pagkakasakal ko. Agad kong pinag-sisipa ang tagiliran nya. Wala akong paki kung nagmamaneho sya.

Sandaling lumiko ang sasakyan dahil sa ginawa ko. Inulit-ulit ko pa yon at gumewang-gewang ang kotse. Sunod-sunod ang busina ng mga sasakyan na kasunod namin.

"**Lintik ka!**" Sigaw na naman nya sakin.

"**Argh! Bwisit kayo!**" Sigaw ko din.

Patuloy ako sa pagsipa ng may biglang bumangga sa sinasakyan namin. Nabitawan ko yung lalaking sakal-sakal ko at napa-higa ako ng tuluyan sa backseat.

"**Sino yon!**" Sigaw ng driver habang pilit sinisilip ang sasakyan sa likod.

Dun ko lang napansin na nasa highway na kami. Bumangon ako at sinilip ang labas para masiguro.

Nasa highway na nga kami!

Tinignan ko yung dalawa. Abala yung driver sa pag-iwas sa sasakyan sa likod. Yung isa naman panay ang ubo at habol sa hininga.

"**Saan nyo ko dadalhin?!**" Galit na tanong ko.

Walang kumibo sa kanila hangang sa may bumangga na naman mula sa likod. Muntik pa kong masubsob dahil sa lakas. Sinilip ko yung likod at nakita ko ang isa pamilyar na kotse.

"**YURI!!**" Sigaw ko.

Alam kong hindi nya ko naririnig pero nagbabakasali pa rin ako. Tumingin sa gawi ko kaya at mabilis na napalitan ng pag-aalala ang

itsura nya.

Meron syang sinenyas sakin na parang sinasabi nyang tumabi ako sa kabilang side.

Ginawa ko naman kahit puno ako ng pagtataka. Muli na naman nyang binangga ang kotse. Muntik na kong mapasigaw dahil sa lakas.

Natatakot akong maaksidente pero kung eto lang ang paraan. Handa akong bumalik sa ospital.

Pero mas kinabahala ko ng biglang umatras ang taxi na sinasakyan ko para banggain naman ang kotse ni Yuri. Kinabahan ako kaya sinilip ko sya pero mukang hindi naman nya ininda.

Hindi pwedeng ganto lang. Kailangan kong tumulong!!

Hinarap ko yung driver at pinag-sisipa ulit sya.

"**Hoy! Tumigil ka!**" Sigaw ng kasama nya at sinubukan akong pigilan.

Kaya naman pati sya pinag-sisipa ko din. Muli na namang binangga ang taxi'ng sinasakyan namin at sa hindi inaasahang pagkakataon nagpa-ikot-ikot ang kotse.

Dinig na dinig ko ang tunog ng gulong na kumikiskis sa aspaltong sahig ng daan. Inilagay ko ang dalawang kamay ko sa ulo at yumuko para ihanda ang sarili ko sa malakas na impact.

Kusang tumigil ang kotse sa pag-ikot at walang impact na nangyari. Amoy sunog na goma at mausok ang paligid. Narinig ko ang pagbukas ng pinto kaya bumangon ako.

Wala na yung driver at yung kasama nya. Natulala ako, hindi maintindihan ang nangyari. Muntik na naman ako!

Bumukas ang pinto sa tabi ko kaya napalingon ako. Nakita ko si Yuri na puno ng pag-aalala sakin.

"**Jay! Ayos ka lang?**" Nag-aalalang tanong nya.

Kusa akong napayakap sa kanya. Nanginginig ang buong katawan ko. Tagaktak din ang pawis ko.

"M-muntik na ko don!"

"Ssshhhh... Okay na. Nandito na ko." Bulong nya sakin.

"Y-yuri...." Halos maiyak na ko.

Nakayakap lang din sya sakin. Mahigpit at parang takot akong pakawalan. Parang ayaw mag-sink in sa utak ko ang mga nangyari.

Binitiwan ako ni Yuri mula sa pagkaka-yakap. Hinawakan nya ko sa magkabilang pisngi gamit ang dalawang kamay. Pilit hinarap sa kanya ang muka ko.

"Walang masakit sayo? Wala ba silang ginawa sayo? Anong nararamdaman mo?" Sunod-sunod na tanong nya.

Umiling ako. **"W-walang masakit."**

Tinignan ko ang kabuuan ng taxi. Merong wallet sa upuan ng driver. Kinuha ko yon at inabot kay Yuri.

"B-baka makatulong satin."

Nag-nod sya sabay kuha ng ID. Tinignan ko ulit ang loob ng taxi at nakita ko ang cellphone ko sa sahig. Kinuha ko yon pati ang bag ko.

"Umalis na tayo dito." Nakiki-usap ang tono ko sa kanya.

"Sige." Sagot nya at naunang lumabas.

Sumunod naman ako pero nakaka-isang hakbang palang ako ng manlambot ang tuhod ko. Muntik na kong bumagsak kundi lang ako naalalayan agad ni Yuri.

Tinulungan nya ko hangang sa makalapit sa sasakyan nya. Pinasakay nya ko bago kuhanin ang cellphone nya at sumenyas na may tatawagan.

Nag-nod lang ako sa kanya. Tinitigan ko ang taxi na sa harap

namin. Ang hirap paniwalaan na pati ang sa pampublikong sasakyan kagaya nyan ay gagamitin nila para ma-kidnap ako.

Wala akong katibayan pero may kutob akong si Sato ang may pakana nito. Sino pa ba ang nagtatangka sa buhay ko?

Nakakainis!!

Hindi talaga pwede na matakot lang ako. Kailangan kong labanan ang ugok na yon. Bwisit kang Hapon ka! Ibabalik kita sa Japan sa isang sipa lang.

Nabasag ang pag-iisip ko ng marinig ko ang pag-sara ng pinto ng kotse. Sumakay na pala si Yuri ng hindi ko namamalayan.

"**Tumawag na ko ng Pulis para ireport yung nangyari. Kailangan ang statement mo.**" Paliwanag nya. "**...sasabihin mo bang may nagtatangka sa buhay mo?**"

Umiling ako. "**Lalala lang ang gulo. Sabihin nalang nating simpleng kaso ng holdap.**"

Nag-nod naman sya. Hindi nagtagal, dumating ang mga pulis. Sinabi namin ang napag-usapan at halos 30 minutes din ang inubos namin sa pakikipag-usap sa kanila.

Gusto sana ng mga Pulis na ipatawag ang mga magulang namin dahil minor kami pero nagpakilala si Yuri at sinabing magpapa-punta nalang representative sa prisinto nila.

"**Carnap daw yung taxi. Nireport sa kanila nung isang araw pa.**" Bungad ni Yuri pagpasok sa kotse nya. "**...mukang planado na talaga nila to.**"

Nagkuyom ang kamao ko. Inabangan talaga nila ako. Mukang matagal na nilang balak na pasakayin ako sa taxi na yon.

Malas! Kung kelan ako hindi sumabay kay Aries!

Pina-andar ni Yuri ang kotse. "**Dadalin kita sa Ospital para—.**"

"**Sa school na.**" Putol ko sa sasabihin nya. "**...hindi naman ako**

nasaktan kanina. Okay lang ako."

Matagal syang hindi nagsalita na para bang pinag-iisipan ang sinabi ko.

"I understand, but please tell me if you feel something."

Nag-nod ako ng hindi tumitingin sa kanya. Naiinis pa rin ako sa lintik na taxi kidnap-kidnap na yan. Hindi na ko makakasakay na taxi nito.

Naging tahimik ako sa buong byahe hangang sa makarating kami sa school. Pagbaba ko ng kotse, napahinto ako.

Saan nga pala ang room?

Tatanungin ko sana si Yuri pero naisipan kong sundan nalang sya. Sa kabilang bahagi ng main building sya dumiretso papunta sa....*auditorium?*

Kahapon gymnasium ngayon sa auditorium. Baka naman palayasin pa kami dito. Nakakahiya naman sa kanila!

Pagpasok sa loob, nasa isang sulok ang mga Ulupong. Naka-upo sa sahig habang may kaharap na teacher. Agad na lumipat ang atensyon nila samin paglapit.

"Sorry po kung late kami." Sabi ni Yuri sa teacher.

Natalim na irap naman ang binigay samin ng babaeng teacher. **"Like I care. Maupo na kayo kahit saan dyan."**

Napataas ang isang kilay ko. Iba din ang mga teacher namin eh. Pak na pak sa katarayan. Si Sir Alvin lang talaga ang nagmamahal samin.

Sumalpak ako sa likod ng mga Ulupong. Yun nalang kasi ang pu-pwestuhan namin. Napatingin ako sa harap ng mapansin ko si Ci-N na kumakaway sakin habang naka-ngiti.

Simpleng nod lang ang sinagot ko. Wala ako sa mood makipag-ngitian sa kanya. Naiinis pa rin ako sa nangyari kanina. Kung uuwi

naman kasi ako tatanungin ako ni Tita. Tapos makakarating kay Kuya, tamang hinala pa naman yun.

Malalaman nyang nagsisinungaling ako. Baka malaman din nya yung nangyari sa taxi dahil sa mga koneksyon nya.

Anu kayang gamit nyang connection? Smart o Globe?

Natapos ang klase namin ng nakatulala lang ako habang salubong ang kilay. Agad na humarap sakin ang mga luko pagtalikod ng teacher.

"**Bakit ka late?**" Mapang-asar na tanong ni Mayo—na syang pinaka-malapit sakin.

Mabilis akong nairita sa ngiti nyang nakakaloko. Inis ko syang tinignan.

"**Paki mo!**" Pagtataray ko na umagaw ng atensyon ng iba.

Halatang napikon si Mayo sa sagot ko. "**Problema mo? Nagtatanong lang naman ako.**"

"**Makapag-tanong ka, bakit? Okay na ba tayo?**"

Nagulat sa bigla nyang pagtayo at pagduro sakin. "**Yan! Sige sumbat mo! Dyan ka magaling!**"

Padabog akong tumayo at pinantayan ang galit nyang tingin. "**Anu ngayon kung isumbat ko? May karapatan naman akong gawin yon!**"

"**Hangang ngayon ba naman? Jay, ang dami na nating pinag-daanan. Anu ba naman yung patawarin mo kami?!**"

Isang malutong na malutong na....*putang'na mo po!* Papatawarin?! Ang tibay mo dyan.

"**Panu ko gagawin yon kung hindi ka naman mukang nagsisi sa ginawa mo? Ikaw pa tong mayabang ngayon!**"

"**Problema sayo pa-importante ka masyado!**" Sigaw nya sa

mismong muka ko.

Parang may kung anung pumitik sa utak ko. Kusang gumalaw ang kamao ko diretso sa pagmumuka nya. Huli na ng mapansin ko ang ginawa ko.

Agad na bumagsak si Mayo at mabilis na nilapitan ng mga kapwa nya Ulupong.

"**Jay!**" Tawag sakin ni Yuri. "**...why did you do that?!**"

Wala lang. Trip ko lang.

Hindi ko gusto ang tono ng pagtatanong nya skin. Para bang kasalanan ko pa ang lahat.

"**Sinumbatan nya ko!**"

"**Kahit na! Alam mo naman ang ugali nya bakit kailangan mo pang saktan.**"

Ay pota! Edi ako na!

Hindi na ko nagsalita pa. Sinipa ko yung bag ko sa inis at mabilis na naglakad paalis ng auditorium. Hindi pa ko tuluyang nakakalayo ng may maramdaman akong humawak sa braso ko.

Inagaw ko ang braso ko at tinignan sya ng masama. Buong akala ko si Yuri ang sumunod sakin pero ibang tao pala.

"**Jay, ako na ang nag-so-sorry sa ginawa ni Mayo.**" Paki-usap ni Kit. "**...pagpa-sensyahan mo na sya.**"

Hindi ko maiwasan na hindi mapatingin sa mga mata nya. Malungkot yon at parang namumula. Mukang umiyak at parang puyat.

Huminga ako ng malalim para pilit pagaanin ang nararamdaman ko pero walang talab yon. Naiinis ako—hindi! Nagagalit ako.

Nagagalit ako sa nangyari sakin kanina sa taxi tapos ngayon dumagdag pa si Mayo. Ang laking tulong nito, shit!

"Alam mo, Kit. Masama ang loob ko sa ginawa nyo sakin. Yung pinagtulungan nyo ko pero ang mas nakaka-sama ng loob yung sinabi ni Mayo. Para bang hindi nya alam na nasaktan ako."

Napayuko sya sandali. "**I'm really sorry Jay.**" Sinubukan nyang lumapit pero umatras ako. "**...believe me, nagsisisi na talaga kami.**"

Umiling ako. "**Pero hindi yun ang nakikita ko sa iba sa inyo.**"

"Ano bang dapat kong gawin para bigyan mo din kami ng pagkakataon?"

Tumingin ako sa ibang direksyon at kinagat ibabang labi ko. Galit pa rin ako at mabigat ang nararamdaman ko sa dibdib ko.

"Ewan ko.... Umamin ka siguro na bakla ka sa kanila. Baka patawarin pa kita." Wala sa sariling sabi ko at tumalikod.

Naglakad ako palayo ng walang naririnig galing sa kanya. Wala pa kong balak umuwi. Pumunta ako ng banyo para maghilamos at mahimasmasan.

Buti nalang at walang tao sa cr pagpasok ko. Naghilamos na ko at pinagmasdan ang sarili ko sa salamin.

Hindi ko talaga maintindihan ang nangyayari sakin. Pagtalaga nagpapadala ako sa galit kung ano-ano nasasabi ko. Kailangan kong maka-usap si Kit at ipaliwanag sa kanya na hindi talaga ganun ang ibig kong sabihin.

Kumuha ako ng tissue sa tissue box sa tabi ng salamin. Mabilis kong pinunasan ang muka ko at nagmadaling bumalik sa auditorium.

Pagdating ko napatigil ako ng makita kong nasa harap ng lahat si Kit at parang meron silang pinag-uusapan.

"Jay-jay! Bilis mo may i-a-announce daw si Kit!" Nakangiting tawag sakin ni Ci.

Ay putik!

Nagmadali ako sa paglapit kay Kit para pigilan sya. Hindi sa ganitong paraan ko inisip na aamin sya sa lahat tungkol sa tunay nyang kasarian. Ginawa ko ang makaka-kaya ko pero mukang nahuli na ko. Sa isang iglap, naging iba-iba ang reaksyon ng mga Ulupong.

"This is for real.....I'm gay."

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter: @lareypot
Instagram: @lareypot
Author's FB Page: Lara Flores - eatmore2behappy

Chapter 250

A/N: Happy Birthday Angel Salazar 🎂🎁🎊🎉. Sorry ngayon lang kita nabati.

Happy Birthday din kay Baby Chucs/Charleth Sy. 🎉🎊🎁🎂👍
From Jackyut

Happy Birthday din kay Xanya_Wp . Sorry natagalan.

Check out this stories.

🚩🚩**Accidentally in love with My Stepbrother**
By: Blue_jen27

🚩🚩**Reyna ng Kamanhidan**
By: -BornToInspire-

🚩🚩**I love you my Star**
By: Xanya_Wp

Thank you so much for this cover. yvonhale302915

Eatmore2behappy
Ang
Mutya
Ng Section E
THE DARK SIDE

Thank you din sa cover na to. @juliaaaan14

Thank you din dito. EccedentesiastMan



Thank you din dito. @blazemax


eatmore2behappy
Ang
MUTYA
ng
SECTION
E

eatmore2behappy
Ang
MUTYA
ng
SECTION
E

Ang
MUTYA
ng
Section E



Thank you so much for this cover. @nicoledeguzmanxx


Ang Mutya
ng Section E
by: eatmore2behappy

Ang Mutya
ng Section E
by: eatmore2behappy

Thanks din dito xoocute28

Gusto kong makalimutan lahat ng ginawa at
pagsisinungaling nila sa akin
sa pamamagitan ng musika.
(Ulupong)
Doritos
By:Eatmore2behappy

Thank you din po. @GenGen0419


Ang
Mutya
ng
SECTION
E
The
DARK
Side
BY:EATMORE2BEHAPPY



Saving friendship

Jay-jay's POV

"**This is for real.... I'm gay.**"

Walang kumikibo. Nawala yung ngiti ni Ci at napa-tuwid naman ng upo yung iba. Merong nagsalubong ang kilay at meron parang hindi alam kung magre-react ba sya o hindi.

Tinotoo nga nya yun sinabi ko.

"**Ahahaha...**" Kuwaring tawa ko kahit halata namang peke.
"**...joker talaga to si Kit.**"

Lumapit ako sa kanya at hinawakan sya sa braso para sana hatakin paalis sa harap ng mga kapwa nya Ulupong.

"**Mag-usap muna tayo.**" Bulong ko sa kanya sabay hatak pero hindi sya gumagalaw.

Nakatingin sya sakin na parang sinasabi nyang ayos lang ang lahat. Para akong mababaliw sa ginagawa nya.

"**Kit!**" Galit na tawag ni Mayo na nakatayo sa likod ng mga luko.
"**...Anu bang sinasabi mo?!**"

"**Oo nga! Anu bang sinasabi mo?!**" Gatong ni Drew.

"**Is there a problem?**" Nag-aalalang tanong ni David.

Napatingin ako sa mga Ulupong na naka-upo sa sahig. Salubong ang kilay ni Josh at parang hindi natutuwa sa nangyayari. Halatang nag-aalala naman si Eren at parang gustong patigilin si Kit.

"**Gay ka dyan. Lakas ng trip mo Kit.**" Nakatawang sabi ni Denzel pero unti-unti'ng nawala yon ng makitang seryoso si Kit.

"**Umayos ka nga Kit. Hindi nakakatuwa yang biro mo.**" Sabi ni Rory.

Shit! Hindi maganda ang pakiramdam ko.

Tinapik ko ang braso ni Kit at tumingin sa mga kaklase naming

gulong-gulo. Ngumiti ako kahit pilit lang.

"**Nag-aasaran lang kami nito. Wag kayo maniwala—.**"

"**No!**" Inalis nya ang kamay ko. "**I said it's for real.**" Putol nya sa sasabihin ko.

Tumingin sya sakin at ngumiti. Umiling ako sa kanya para sabihin na wag na nyang ituloy. Hindi pa to ang tamang panahon para aminin nya sa lahat ang pagkatao nya.

"**Okay lang Jay. Pagod na kong magtago.**"

Humarap sya sa bahagi nila Mayo. Napatayo na mula sa kinauupuan si Eren at parang nakiki-usap sa kanya.

"**I've been hiding this for a very long time. I knew I'm different from all of you.**" Huminga sya ng malalim. "**...I'm different because I'm attractive to my same sex.**"

"**Shit.**" Sabi ni Calix at tumayo. "**...you can't be serious.**"

Ako na sana ang magsasalita para patigilin sila sa kung anong iisipin nila pero sunod-sunod na silang nagtayuan at kanya-kanya na ng komento.

"**Pre! Sabay tayong nag-c-cr.**" Nandidiring sabi ni Edrix.

"**Baka naman akala mo lang yan.**" Sabi ni Felix.

"**Hindi ako mabibigla kung eto talaga ang bakla.**" Sabi ni Blaster sabay turo kay Ci. "**...pero ikaw? Tang'na!**"

Napatingin ako kay Ci-N. Wala syang kibo at patuloy lang sa pag-obserba. Para syang walang alam sa nangyayari.

"**Ang tagal na nating magkakasama, bakit ngayon ka lang umamin?**" Si Eman na mahinahon lang.

"**Anu ba talaga?! Bakla ka talaga?!**" Si Rory na hindi makapaniwala.

"**Pwede tumahimik muna—.**" Hindi na natapos ni David ang sasabihin nya dahil sa biglang pag-sigaw ni Drew.

"**NAKAKADIRI KA!**"

Nag-echo yun sa buong auditorium kaya natahimik ang lahat at napatingin sa kanya. Salubong ang mga kilay nya at parang diri'ng-diri kay Kit.

Bago pa man kami makapag-salita para sagutin sya, isang malakas na suntok ang tumama sa muka nya. Bumagsak sya sa sahig at agad naman syang tinulungan nila Denzel at Blaster na malapit sa kanya.

Mukang magkakaroon na ng gulo!!

"**Problema mo?! Bakit ka nana-napak?!**" Inis na tanong ni Denzel kay Mayo na syang nagpatahimik kay Drew.

Agad na lumapit si Eren at Josh sa kanya para hawakan sya. Halata naman kasing magsisimula na naman ng away si Mayo.

"**Ang dumi ng bibig nyan!**" Sagot nya sabay turo kay Drew.

Kinuha ko ang pagkakataon para kausapin si Kit. Hinawakan ko sya balikat at hinarap sakin.

"**Sira ka ba? Bakit sineryoso mo yung sinabi ko sayo?**"

"**Hindi lang naman yun yung dahilan kung bakit ko to ginawa.**" Sagot nya at inalis ang kamay ko sa balikat nya. Hinawakan nya yon ng dalawang kamay.

"**Pero kahit na... Sana nag-isip ka muna ng pwedeng mang-yari.**"

Hindi ko mapigilan na hindi mag-alala. Kagaya ng inaasahan ko, nagkaka-gulo ang mga Ulupong.

"**Jay, pagod na ko. Wala na kong paki kung husgahan ako ng iba.**" Sabi nya at ngumiti.

Kahit sinasabi nyang may iba pang dahilan pakiramdam ko ako pa

rin talaga ang may kasalanan. Kung nag-isip lang sana ako bago nag-salita.

Kung hindi lang sana ako nagpadala sa galit!

Niyakap ko sya ng mahigpit. "**Kahit na anong mangyari. Andito lang ako.**"

Narinig ko ang bahagya nyang pagtawa. "**Ibig sabihin ba nyan pinapatawad mo na ko?**"

"**Ugok ka.**" Sagot ko at ngumiti kahit parang gusto ko ng maiyak.

Humiwalay ako ng yakap at tinignan sya. Ang kaninang malungkot nyang mga mata para'ng wala ng dinadamdam ngayon. Siguro talagang hindi na nya kayang itago lang ang totoo tungkol sa pagkatao nya.

"**PUTANG*NA MO!**" Sigaw ng kung sino.

Nang tignan namin ang pinang-galingan non, halos magpang-abot na ng kamao si Mayo at Drew. Kung hindi lang nakagitna ang ibang Ulupong baka nagsuntukan na sila.

"**Hindi kita uurungan! Gago ka!**" Galit na sabi ni Mayo.

"*Tama na yan!*"

"*Tumigil na kayo!*"

"*1000 ako, kay Mayo!*"

"*Kay Drew 500!*"

Tatlong tao na ang humahawak sa bawat isa wag lang silang magkalapit. Sobrang gulo at sadyang mga Gago lang ang iba sa kanila at nanood lang.

"**Bakit mo ba pinag-tatanggol yan?! May relasyon ba kayo?!**" Sigaw ni Drew.

"**Gago ka! Babasagin ko talaga muka mo!**" Sagot naman ni Mayo.

Bigla nalang tumawa ng malakas si Drew na pinagtaka naming lahat. Nang-iinis ang tono ng pagtawa nya.

"Muntik ko ng makalimutan. Pumapatol ka nga din pala sa lalaki." Sabi ni Drew habang nakangiti ng nakakaloko.

Halatang natigilan si Mayo at ilang saglit lang sinubukan na naman nyang abutin si Drew pero mahigpit ang pagkakahawak sa kanya nila Josh.

"Yung ex-girlfriend mo ang nag-sabi sakin na pinagpalit mo sya sa isang lalaki." Dagdag pa nya at mas lalong tumawa ng malakas. **"...si Kit yon!"**

Shit! Tumigil kana!

"Tama na Drew!" Sigaw ni Felix sa kanya.

Pero parang ayaw nyang magpa-awat. Para bang iniinis nya talaga si Mayo at sinusubukan ang pasensya nito.

"Ano?! Hindi ka makasagot?! Kasi toto—."

Sobrang bilis ng pangyayari. Parang sinadya ni Eren na bitawan si Mayo. Dalawang hakbang lang ang layo nya para maabot si Drew at malakas na suntok agad ang binigay nya dito.

Nagka-gulo kaming lahat. Napatakip ako sa bibig ko dahil sa pagkabigla. Ang kaninang walang malay na Ci-N, tumayo na at naki-awat sa kanila. Lumapit na rin si Kit para pigilan si Mayo.

"*Awat na! Awat na!*"

"*Mayo! Tumigil ka na!*"

"*Tama na yan! Napuruhan mo na!*"

Hindi ko alam kung anong gagawin ko. Masyado ng magulo. May mga istudyante na ring nakiki-usyoso mula sa malayo.

Napasabunot ako sa buhok ko bago tuluyang lumapit para maki-awat. Hindi ko na alam ang mga nangyayari hangang sa isang

mainit na palad ang tumama sa pisngi ko.

Tang'na!

Sa sobrang lakas ng pagkakasampal sakin, bumagsak agad ako sa sahig.

"**Gago ka Mayo!**" Dinig kong sigaw ni Kit.

Hinawakan ko ang pisngi kong namamanhid na ata. Naramdaman kong may humawak sa braso ko para itayo ako. Tinignan ko yon at nakita ko si Yuri at Kit.

"**Kaya mo ba?**" Nag-aalalang tanong ni Yuri.

"**Gago ka ba? Bakit pati si Jay-jay sinaktan mo?**" Galit na tanong ni Ci-N.

Tinignan ko si Mayo na nakatayo habang hawak ng mga kapwa nya Ulupong. Hindi ko maintindihan kung bakit kailangan nya kong saktan.

"**T-tarantado ka! Hindi kita inaano dyan!**" Inis na sabi ko habang tumatayo.

Parang hindi na pantay ang pisngi ko!

"**Gusto kong durugin sa suntok yang muka mo, pero babae ka pa rin.**" Sabi nya sakin. "**...ganto na ba talaga katindi ang galit mo samin at gusto mo ng magkanda-letse-letse kami?!**"

"**Wag mo nga sisihin si Jay sa kalokohan mo!**" Inis na sabi ni Felix.

Sakin pa rin nakatingin si Mayo at halatang gusto pa nya kong saktan dahil sa galit.

"**Akala mo ba hindi kita narinig kanina? Inutusan mo si Kit na umamin para lang patawarin sya! Ang lupet mo!**" Inalis nyang pilit ang mga kamay ng umaawat sa kanya. "**...Okay lang sayo na masira ang buhay namin para lang sa lintik na kapatawaran na yan!**"

"**Hindi naman yon ang dahilan kung bakit ako umamin! Wag mo sisihin si Jay!**" Paliwanag ni Kit pero parang ayaw ng makinig ni Mayo.

Inalis ko ang pagkakahawak sakin ni Yuri at humakbang palapit sa kanya. Gusto nya ng kasugutan? Sige, sasagutin ko ang tanong nya!

"**Gusto mong malaman kung gano katindi ang galit ko sa inyo?**" Mahinahong sabi ko at tumingin sa kanilang lahat bago muling tignan si Mayo.

"**Naranasan mo na bang maging mag-isa? Sa school? Sa bahay?**" Hindi sya kumibo. "**...kasi ako, Oo. Buong buhay ko mag-isa lang ako. Mayo, wala akong kaibigan. Alam mo yan.**" Huminga ako ng malalim dahil sa pagbabara sa lalamunan ko. "**...tapos dumating kayo pero para saktan lang pala ako. At gano kasakit yon? SOBRANG SAKIT! Sobra-sobra, halos hilingin ko na mawala na ko sa mundo.**"

Hindi ko na napigilan ang luha sa mga mata ko. Ayoko sanang umiyak pero wala na, pati boses ko basag na. Hindi ko pa rin inalis ang tingin ko sa kanya kahit gusto'ng-gusto na nyang umiwas.

"**Sobrang sakit non kaya ang laki ng galit ko sa inyo! Galit na galit ako! Ginusto kong gumanti para maramdaman nyo yung naramdaman ko!**" Kinagat ko ang ibabang labi ko. "**...pero hindi ko ginawa. Kasi ayokong maging kagaya nyo.**"

Yumuko ako para punasan ang mga luha ko. Huminga din ako ng malalim. Tinignan ko ulit silang lahat.

"**Nagagalit kayo kasi bakla si Kit? Dapat magalit din kayo sa sarili nyo....wala kayong pinag-kaiba sa kanya!**" Binalikan ko si Mayo na nakayuko na. "**...dahil hindi gawain ng tunay na lalaki na pagkaisahan ang isang babae.**"

"**Jay...**" Dinig kong tawag ni Yuri mula sa likod ko.

"**Ngayon, sabihin mo sakin Mayo. Wala ba kong karapatan na isumbat yung mga ginawa nyo sakin?**"

Hindi sya nag-salita. Tinignan nya si Kit na nasa likod ko din. May

ilang minuto sya'ng hindi kumikilos hangang sa maglakad. Sinadya nyang banggain ang balikat ko bago nya ko tuluyang lagpasan.

Sinundan ko sya ng tingin hangang sa mawala sya ng tuluyan. Naramdaman kong may umakbay na braso sakin. Nang tignan ko kung sino, ang malungkot na muka ni Yuri ang bumungad sakin.

"**Jay...**" Tawag sakin ni Kit. "**...mas mabuti siguro kung magpahinga ka muna. Kami nalang bahala magpaliwanag sa ibang teacher.**"

"**No.**" Singit ni David. "**...It's better if all of us will take a rest. I'll talk to Sir Alvin.**"

"**I agree with David.**" Sagot ni Yuri.

Nag-tanguan ang dalawa at lumakad na paalis si David. Tinignan ko naman yung mga Ulupong na kanya-kanya na ngayon usap.

Napansin ko si Ci-N na tila malalim ang iniisip. Malayo sya sa iba at parang nag-aalala. Hindi ko gusto na ganyan sya, parang may pino-problema. Pakiramdam ko na-bigla sya at hindi naiintindihan ang nangyari.

"**Yuri... Pwedeng paki-puntahan muna si Ci-N? Para kasing may mali sa kanya.**" Utos ko.

Ngumiti naman sya sakin bago lapitan ang Batang Kumag. Hinarap ko si Kit para sya naman ang kausapin.

"**Mag-usap muna tayo.**" Aya ko sa kanya.

Sabay kaming naglakad palayo sa mga Ulupong. May pagkakataon na hinahawakan ko ang pisngi ko. Hindi pa rin kasi nawawala yung sakit.

Ang putik!! Gusto ko gumanti ng sapak kay Mayo.

Mukang napansin ni Kit ang ginagawa ko. Hinawakan nya ang pisngi ko na kinabigla ng katawan ko. Muntik na kong mapaiktad dahil don.

"**Masakit ba? Sorry.**"

Umiling ako. "**H-hindi. Nagulat ako sayo.**"

Yumuko sya at naghimas ng batok. Pinagmasdan ko syang mabuti. Hindi talaga sya mapagkakamalan na kapederasyon dahil sa kilos nya.

Lalaki'ng-lalaki pa din.

Kingina'ng to! Pwede pa naman sana'ng panlaban sa Kpop ang kagwapuhan tapos lalaki din pala ang gusto. Kinabog ako!

"**Ako ng humihingi ng tawad sa ginawa ni Mayo. Hindi ko alam na kaya nyang manakit ng babae.**"

"**Kahit sino kayang gawin yun.**" Sagot ko at huminga ng malalim.

Pinunasan ko ang ilong ko dahil sa nagbabadyang sipon. Badtrip! Umiyak na naman ako sa harap nila. Ayoko pa namang ginagawa yon.

Syempre nakakahiya yung itsura ko.

"**Anu ng balak mo? Mukang ayaw sa bakla ng mga ugok na yon.**" Nag-aalalang tanong ko.

Ngumiti sya sakin. "**Minsan talaga kung sino pa ang malapit sayo, sila pa ang huhusga sayo.**"

Ngumiti din ako. "**Pero hindi ako.**"

Inakbayan nya ko at niyakap ko naman sya. Natawa pa ko ng bahagya syang lumayo. Sana naman hindi sya maging allergic sa babae kagaya ng iba.

Naramdaman ko ang kamay nyang tumatapik-tapik sa likod ko. "**O-okay na. Pwede ka na bumitaw. Baka makarating to kay Keifer—banatan na naman ako non.**"

Ay naku, binanggit pa!

Humilay naman ako agad sa kanya. Nakangiti pa rin sya pero agad din yong nawala ng mapatingin sya sa likod ko. Bigla nalang akong kinabahan kaya lumingon ako agad.

Muntik na kong mapatalon sa gulat. Salubong na salubong ang kilay at parang anu mang oras ay mananapak na. Eto ba ang kapalaran ko for today?

"**A-aries.**"

"**Diba sabi ko sayo magtext ka!**" Inis na sabi nya.

Napa-*oooh* nalang ang bibig ko. Nakalimutan ko yon dahil sa nangyari kanina. Isa pa yon, hindi ko nga pala pwedeng sabihin sa kanya yon.

"**Nakalimutan ko. *Sowrey.***" Sabi ko at napatingin sa hawak nya.

Styrofoam na baunan yon kung saan nilalagay ang pagkain. *PAGKAIN!* Mukang binili nya sa cafeteria ng school.

"**Para sakin yan?**" Tanong habang nakaturo sa hawak nya.

"**Hindi.**" Mabilis nyang sagot. "**...pinahawak lang to sakin.**"

Ay... Akala ko pa naman sakin!

Napansin ko ang matagal na pagtitig nya sakin. Para bang meron syang inaalam. Nailang naman ako kaya sinubukan kong umiwas ng tingin.

"**Umiyak ka ba?**"

Patay! Napatingin ako kay Kit pero wala man lang expression ang muka nya. Hindi man lang ako makahingi ng tulong.

"**Bakit namumula yang pisngi mo?**"

Libing! Nawala sa isip ko na mabilis nga pala syang makapuna ng bagay-bagay. Pati na rin sa pagmumuka ko.

"**A-ano....yan....sa ano....d-don sa....nag-ano—.**"

"**Kasalanan ko yan.**" Putol ni Kit sa sasabihin ko. "**...aksidente kong natamaan ang muka nya kanina.**"

Nanlaki ang mata ko sa sinabi nya. Hala sya! Baka kung ano isipin ni Aries at magalit sa kanya.

Kagaya nga ng ina-asahan ko, tinignan na agad sya ng masama nitong Horoscope.

Baka bigla nalang syang manuwag.

"**Harington, right?**" Tanong ni Aries.

Nag-nod naman si Kit sa kanya.

"**Next time mag-ingat ka para hindi ka nakakatama.**" Sabi nya at humakbang palapit. "**...and one more time I caught you hugging my sister, I will break your bones.**"

Agad kong syang nilapitan at tinulak palayo kay Kit.

"**Ano ka ba?! Ano bang pinagsasa-sabi mo dyan?!**"

Ako naman ang tinignan nya ng masama. "**Pinag-sasabihan ko yang classmate mo.**"

Tinulak ko ulit sya palayo. "**Umalis ka na nga. Nagbabanta ka eh!**"

Inirapan nya ko na kinainis ko. "**Pinagsasabihan, hindi banta.**"

Ako naman ang napa-irap. "**Banta yon!**"

Tinulak-tulak ko ulit sya. Halatang napipikon na sya sa ginagawa ko. Hangang sa ambaan nya ko ng kutos sa ulo.

"**Oo na! Aalis na!**" Inis na sabi nya at inabot sakin ang styro na kanina nya pa hawak-hawak. "**...sayo nalang. Nakakahiya sa katakawan mo.**"

Wew...

Mabilis ko namang kinuha ko. Ngumiti ako ng matamis sa kanya.

"**Salamat!! Mwuah! Mwuah! Tsup! Tsup!**"

Bigla nalang syang nandiri. "**Yack! Dyan ka na nga!**"

Napanguso naman ako. Tong taong to! Sya na nilalambing sya pa maarte. Sarap pektusan minsan.

Muli kong binalikan si Kit na nakangiti sakin.

"**Okay na pala kayo ng kapatid mo?**"

Nag-nod naman ako sa kanya. "**Oo. Buti nalang kinausap na nya ko.**"

Sandali kaming nabalot ng katahimikan. Nakakatakot na katahimikan. Unti-unti na naman kasing bumabalik sakin ang nangyari.

Panu na ngayon? Panu na sya ngayon?

"**Magiging okay din ang lahat diba?**" Tanong nya.

Gusto kong sumagot ng oo, pero hindi yun ang nararamdaman ko. Napayuko ako kasabay ng mahinang pagsagot.

"**Sana...**"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy

Twitter: @lareypot
Instagram: @lareypot
Author's FB Page: Lara Flores - eatmore2behappy

Chapter 251

A/N: Ayun! Hindi ko muna pala palalabasin si Keifer. Mga kaunti pa, mga apat or anim na chapter pa. Nagbago isip ko.

Dalawa lang po muna, edit ko yung kasunod nito. Andun na kasi si Kepweng.

Thank you so much sa cover na ito. Angela Jay William

Thank you po sa cover na ito. @twisted_story1603



Thank you din po. JeonSey


eatmore2behappy
Ang Mutya Ng
Section E
The Dark Side

Human

Jay-jay's POV

Yung ke-aga-aga sermon agad ang ipapakain sayo. Nasa mood siguro si Kuya—nasa mood manermon.

"Hindi mo na nakumpleto ang araw ng pasok mo! Lagi nalang halfday tapos late ka pa!" Sermon nya sakin habang nasa hapag

kainan.

Nakayuko tuloy ako habang sumusubo ng kanin. May pagkakataong sumusulyap ako kay Aries na nasa tapat ko pero hindi man lang nya ko tinitignan.

Mas gusto nyang kaharap yung hotdog!

"Anu bang nangyayari sa school nyo?! Tinanggalan na nga kayo ng room tapos hindi pa kayo mabigyan ng maayos na klase!"

Bakit kaya ako ang kinagagalitan nya tungkol sa bagay na yon? Samantalang pwede naman nyang puntahan yung school namin para malaman nya.

"Tama na ang sermon. Kumain ka na." Nakangiting sabi ni Tita Gema.

Maganda ang mood nya ngayon, dapat si Kuya din pero nung nakita nya ko bigla nalang tinopak.

Maganda naman ako, bakit kaya bigla syang nagalit?

Narinig ko sila kagabi, meron daw investors from UK na interesado sa kumpanya nila Tita. Ngayon yata ang meeting nila.

Kaya ang aga-aga ng gising nila para mag-ready at ang aga-aga din nila kaming ginising. Wala naman kaming kinalaman sa nangyayari sa investors keneme na yan.

Pero kung sino man sya, pagpalain nawa sya. Mula UK—*UKay-UKay*—este United Kingdom dadayo pa talaga sya dito para lang makita si Kuya Angelo. Pak na pak! Kaya pala napaka-gwapo ni Kuya Angelo ngayon, wag lang talaga uusok ang ilong nya sa galit.

"Ma, hindi ka talaga sasama?" Tanong ni Kuya bago simulang kumain.

"Hindi na. Kaya mo na yan."

"Okay, tatawag nalang ako agad para bigyan kayo ng update."

Hindi na nagsalita si Tita. Tinapik nalang nya si Kuya sa braso at bumalik na sa kusina. Binalikan ko ng tingin si Aries ng bigla syang tumayo.

"**Maliligo na ko. Bilisan mo dyan.**" Sabi nya sakin at umalis.

Iniwan nya ko sa lamesa kasama si Kuya. Iniwan nya ko? Iniwan ako! INIWAN AKO!!

Lagot!

Binilisan ko ang pagkain ko dahil parang alam ko na ang mangyayari.

"**Hoy Jay-jay, sinasabi ko sayo! Pa-graduate ka na! Wag ka nang gagawa ng ikapapahamak mo!**" Sabi nya sakin.

Para akong kasali sa karera dahil sa bilis ng pagsubo at pag-nguya ko. Kulang nalang lunukin ko na agad.

"**Nakikinig ka ba—.**"

"**Tapos na kong kumain!**" Sabi ko habang punong-puno ang bibig.

Patalon akong tumayo at naglakad paalis ng hapag. Muntik pa kong mabulunan ng isigaw nya ang pangalan ko pero hindi ko sya pinansin.

Ang sama ko na pero putik, wala ako sa mood makinig ng sermon nya. Hindi ko naman kasi masabi sa kanya yung totoong nangyayari sa school namin. Hindi ko rin masabi sa kanya na meron ding kaming problema.

Baka lalo lang lumala ang sitwasyon kung malaman pa nya. Hindi rin nya maiintindihan.

Dumiretso na ko sa banyo para maligo. Sa pagkakataon na to uunahan ko si Aries. Hindi na ulit ako magpapa-iwan at baka maulit yung kahapon.

Tumawag sakin si Yuri kagabi. Nalaman na nya kung sino ang mga punyetang animal na nagtangka sakin. Tauhan nga sila ni R.Sato.

pero ang hindi ko maintindihan parang hindi naman sila seryoso sa pagkidnap sakin.

Madalas kasi pinapatulog ako ng mga nagtatangka sakin—hello?! Ilang beses yon na laging ganon. Tapos sila wala lang, parang joyride lang. Iba yung trip sa buhay nung mga yon.

Mabilis akong nag-ayos paglabas sa banyo. Tinignan ko din ang oras sa wallclock at ng mapansin kong maaga pa naman naupo muna ako sa dulo ng kama at binuksan ang cellphone ko.

Meron akong text galing sa GagongBaliw at meron din galing kay Yuri. Inuna ko yung President ng Shunga Lovers Club at baka mahalaga.

From: *Pres.Yuri*
Message: *Do you want me to pick you up?*

Napanguso ako. Sasabay ako sa Horoscope. Nagtype naman ako agad ng ire-reply sa kanya.

To: *Pres.Yuri*
Message: *Wg na. Saby aq ky Big Bro.*

From: *Pres.Yuri*
Message: *wow. Haha ingat! I'll wait for you at the school gate.*

Gago ata! Wow daw eh. Nang-aasar ata ang pulang buhok na to. Hindi ko nalang pinansin yon at binuksan nalang ang message ng ugok.

From: *GagongBaliw*
Message: *Almost*

Tulok! Eto pang isa. Anong '*almost*'? Sabog ata ang isang to nung nagtype ng message. Ang mga tao talaga ngayon iba ang trip sa mundo. Ano kaya tinitira nila?

Hindi ko na ni-replyan ang talipandas. Baka mahawa pa ko ng kabaliwan sa kanya. Siniksik ko nalang yung phone ko sa bag.

Habang nagsusuot ng sapatos narinig ko ang pagkatok sa pinto ng

kwarto ko kasunod ng pagsigaw.

"**Bilisan mo Jay! Hihintayin kita sa labas!**" Si Aries dala ang kapalaran ko.

"**Ge!**" Tanging sagot ko sa kanya.

Binilisan ko na ang kilos at baka maghurumintado nalang ang kapatid ko sa galit. Masama pa namang topakin ang Horoscope at baka maging malas ang araw ko.

Matapos mag-ayos kinuha ko na ang bag ko at lumabas na ng kwarto. Kasalubong ko pa si Kuya na masama ang tingin sakin.

"**Jay! Sinasabi ko sayo! Umayos ka!**" Sabi nya sakin habang naka-duro.

Nag-peace sign lang ako sa daliri sabay ngiti ng malapad habang naglalakad at nakaharap sa kanya. Paglagpas ko kumaripas na agad ako ng takbo.

Nasa labas na si Aries at nakasandal sa kotse nya.

Naks! Lakas maka-gwapo.

"**Ang bagal mo.**" Sabi nya bago sumakay sa kotse nya.

Napanguso naman ako. Mabagal pa yong binilisan ko na nga ang kilos. Tumakbo na nga ako. Gusto ata nyang maging si Flash pa ko para lang masabi na mabilis ako.

Sumakay na rin ako sa kotse nya. Wala naman syang naging kibo habang nagmamaneho. May pagkakataong tumitingin ako sa labas at sa mga kotse sa likod.

Kailangan kong maging alert at baka umariba na naman yung mga tauhan ng pesteng Sato na yun.

Gagana kaya sa kanila ang Swiper no Swiping?

Napansin ko ang pagbagal ng kotse hangang sa lumiko kami sa isang subdivision. Hindi pamilyar sakin ang lugar at hindi ko din

alam kung sinong taga-dito.

Pero nasagot ang tanong ko ng makita ko ang isang babae sa hindi kalayuan. Naka-uniform ng HVIS. Sumasabay sa hangin ang mahaba nyang buhok at kumikinang ang mala-porselana nyang kutis. At syempre ang mala-anghel nyang muka.

Pero mala-demunyita mag-isip.

Tinignan ko si Aries. Seryosong-seryoso ang luko at parang hindi nya alam na nagkaroon kami ng problema ng babaeng to. Hindi ko nga lang sure kung nagkasundo na kami, kasi ang alam ko—hindi na talaga kami magkakasundo.

Huminto ang kotse sa tapat nya. Sa tapat ni Ella. Mukang susunduin pala ang Horoscope ang babaeng to. Nakangiti naman syang lumapit sa side ko at binuksan ang pinto.

Mabilis nga lang nawala ang ngiti nya ng makita ako. *Hehe.* Ako naman ang ngumiti sa kanya.

"**Sa likod na nalang ikaw.**" Sabi ko ng may halong pang-aasar.

Nangunot agad ang noo nya. "**I……no…..you have to move. May pag-uusapan kami ni Aries.**"

Halos magkasunod kaming tumingin ss kapatid kong pinaglihi ata sa sama ng loob. Nakataas lang ang isang kilay nya samin.

"**What?**"

Tinitigan ko sya sa pagbabaka-sakali na makuha nya ang nais kong sabihin—na ako dapat dito at si Ella sa likod. Pero wala talagang paki-alam isang to. Inirapan lang nya kami at tumingin sa daan.

"**Please Jay.**" Sabi ni Ella pero halatang hindi nakiki-usap.

Para akong toro na napabuga ng hangin sa ilong. Ang tindi ng taong to eh! Padabog akong lumabas at lumipat sa backseat. Kulang nalang masira ang pinto dahil sa pagkakasara ko.

Halos matanggal ang mata ko sa kaka-irap sa hangin. Nagsisimula

na namang pakuluin ang dugo ko ng babaeng to.

Namo ka! Tatampalin kita. One time.

Pina-andar na ulit ni Aries ang kotse pero napatingin ako kay Ella ng mapansin kong meron syang inaabot sakin. Napasibangot ako.

"**Ano yan?!**" Inis na sabi ko.

"**MP3 player and a headset. So you won't hear anything from us.**" Mataray na sagot nya.

Napairap na naman ako dahil sa inis. "**Wag na! Meron ako.**"

Kinuha ko naman ang headset at cellphone ko sa bag. Kinabit ko agad yon sa tenga ko at kulang nalang itodo ko ang volume.

Naiinis na talaga ko, sisipain ko ang muka ng impakta'ng to. Nakakagigil! Edi sya na ang maganda. Sa sobrang inis ko kung ano nalang ang na-play ko ng hindi ko napapansin ko.

"***♫Mahirap talagang maging T.A.N.G.A. ♫***"

Ay putik!

Nanadya yata ang kantang to. Parang patama sakin. Eto yata ang magandang team song ng club namin.

Hindi ko na pinansin yung dalawa sa harap. Bahala sila mag-usap. Kahit anong gaiwn nila wala na kong paki-alam. Kahit maghalikan pala sila at maghalayan.

Pero mukang hindi naman ganon ang ginagawa nila. Binalak ko pang hinaan ang volume ng cellphone ko para marinig ang pinag-uusapan nila pero baka makahalata tong isa.

Wag ng tangkain at baka mapahamak.

Hindi nagtagal at nakarating na kami sa school. Nauna na kong bumaba sa kanila at hindi na rin nagpaalam. Tinanggal ko ang headset ko at binalik yon sa bag kasama ng cellphone.

"**Jay.**" Tawag sakin ng kung sino sabay hawak sa siko ko.

Nilingon ko yon at naka-ngiti'ng bumungad sakin si Yuri.

"**Ay oo nga. Nakalimutan kong hihintayin mo nga pala ako.**" Sabi ko sabay kamot sa ulo.

"**Yan...kapag talaga hindi mahalaga ang isang tao, mabilis kinakalimutan.**"

Napakurap-kurap naman ang mga mata ko habang nakatingin sa kanya.

"**Anong pinaglalaban mo?**"

"**Ang pagmamahal ko sayo.**" Sagot nya sabay ngiti ng malapad.

Bahagya naman akong natawa sa kanya pero may halong pang-aasar.

"**Ha.ha. hindi ka nag-almusal no?**" Tanong ko at nakangiti ng nakakaloko sa kanya.

Ngumiti din sya na parang bata. "**Hindi nga.**"

Baliw sya dahil sa gutom.

Natawa nalang kami pareho at napailing. Naglakad na kami papunta sa auditorium. Habang palapit kami ng palapit hindi ko mapigilan na hindi kabahan. Ewan ba! Sana naman hindi na kami magka-gulo kagaya kahapon.

Pagpasok sa loob, iba ang nadatnan ko kesa sa inaasahan ko. Tamihik ang lahat at parang may misa sa simbahan dahil sa mga itsura nila.

Ang tanging kakaiba lang na napansin ko ay nahati sa dalawang grupo ang mga Ulupong. Nakahiwalay sila Mayo at Kit. Silang dalawa lang at yung ibang Ulupong nasa kabila.

Sa halip na lumapit sa iba kagaya ng ginawa ni Yuri pinili kong lumapit kils Kit.

"**Anong meron? Bakit andito kayo?**" Tanong ko.

"**Paki mo!**" Inis na sabi ni Mayo habang nakatingin sakin ng masama.

Siniko sya ni Kit para patigilin.

"**Hindi ikaw kausap ko.**" Sagot ko naman.

Humarap sakin si Kit at ngumiti. "**Lumayo muna ko sa kanila para hindi na magka-gulo.**"

Nginuso ko si Mayo. "**Eh ayan?**"

"**Sumunod lang sakin.** "

Napayuko ako. Kinailangan pa talaga nyang mag-adjust para sa mga impaktong makikitid na utak na to.

"**Kung tutuusin, hindi naman ikaw dapat ang mag-adjust para sa kanila. Sila dapat ang gumawa non para sayo.**"

Narinig ko ang nakaka-insulto pagtawa ni Mayo. "**Akala mo naman gagawin nila yon.**"

Nagsalubong na ng tuluyan ang mga kilay ko. "**Bakit ba sabat ka ng sabat? Kausap ka ba?**"

Inirapan nya ko. "**Umalis ka na nga dito.**"

"**Ayoko!**" Umupo ako sa tabi ni Kit. "**Dito ko uupo.**"

Bigla nalang tumingin si Kit sa mga Ulupong kaya napatingin na rin ako sa kanila. Lahat sila nakatingin samin at yung iba kagaya ni Drew nakatingin ng masama kay Mayo.

Ang hindi ko lang maintindihan kung bakit pati sila Eren at Josh na kaibigan nitong dalawa na to, ay kasama ng mga impaktong Ulupong.

Nakita ko si Ci-N na parang wala pa ring naiintindihan sa nangyayari. Kagaya kahapon ng umuwi kami. Sinubukan ko syang

kausapin, pero wala syang naging kibo.

Dumating na si Sir Alvin at kahit nagtataka sa naging pwesto namin hindi nalang nya yon pinansin pa at nagsimula ng magturo.

May pagkakataong napapatingin ako kay Kit dala ng pag-aalala ko sa kanya. Hindi ko mapigilan ngayon halos kumpleto ang buong Section E.

Buti nalang wala pa yung pesteng Hari.

Natapos ang klase namin kay Sir Alvin. Meron naman akong naintindihan kahit kaunti. Hindi ko na sasabihin kung ano yon, sakin nalang yon baka kasi mawala pa.

Habang inaayos ang bag kong iilang pirasong notebook lang ang laman. Narinig ko ang pagtawag sakin ni mga hudlong.

"**Jay...**" Si Rory. "**...dito ka. Wag ka dyan.**"

Napa-irap ako. "**Gusto ko dito.**"

"**Wag ka nga dyan.**" Inis na sabi ni Denzel.

"**Wag ka nga maki-alam.**"

"**Ang kulit! Dito ka na maupo.**" Inis na sabi ni Edrix.

"**Ay ang kulit! Dito ko nga gusto.**"

Magpatigasan tayo ng bungo.

"**Jay-jay...**" Tawag sakin ni Kit. "**...siguro dapat dun ka na sa kanila.**"

"**Ayoko nga! Sabi ko sayo, sa tabi mo lang ako kahit anong mangyari.**"

"**Oo nga... Pero hindi literal.**"

"**Dito ka na, Jay-jay.**" Sabi ni Drew. "**...baka mahawa ka pa ng kabaklaan dyan.**"

Ay Gago.

Bago ko pa man sya mamura, nagtagpo na ang muka nya at kamao ni Mayo. Nagka-gulo na naman sila at kanya-kanya ng awat sa kung sinong gustong aawatin nila.

"*Tang*na mo!*"

"*Bakla!*"

"*Gago ka! Linisin mo yang bibig mo!*"

Napasabunot nalang ako sa buhok ko. Ang hirap ng ganitong susugurin nalang nila ang kaklase nila basta-basta.

Ano pa nga naman bang aasahan ko, eh Ulupong nga sila.

Malalim na buntong hininga ang pinakawalan ko. May ilang minuto din ang hinintay namin bago tuluyang mapaghiwalay ang dalawa.

Napatungan ang pasa at sugat ni Drew ng panibagong galos at marka. Halatang gusto na syang lumpuhin ni Mayo dahil sa galit.

"Okay na? Tapos na? Humalik na yung mga nguso nyo sa kamao ng isa't-isa baka pwede na kayong tumigil?" Sarcastic na sabi ko.

"Sya naman may kasalanan!" Turo ni Mayo kay Drew.

"Pikon ka kasi! Palibhasa totoo!" Sagot naman nitong isa.

Tinangka naman syang abutin ni Mayo pero lima na ang humawak sa kanya para patigilin sya. Gumitna na rin si Yuri at David.

"May mali ba?" Sabi ni Ci-N at napatingin ako at ang iba sa kanya. **"May mali ba sa kanila?"**

Ci-N...

"Diba ang bakla, yung nagbibihis ng babae kahit lalaki sila?" Tanong nya at agad na nalipat ang atensyon ng iba sa kanya.

"O-oo..." Alanganing sagot ko. **"...pero hindi lang dun yon—."**

"**Alam ko.**" Putol nya sa sasabihin ko. "**...Alam ko na kahit hindi sila nagbibihis babae may chance na magka-gusto din sya sa kapwa nya lalaki.**"

"**Ano bang gusto mong sabihin?!**" Inis na tanong ni Mayo.

"**May pinsan ako. Close kami kasi mabait sya sakin—.**"

"**Hindi ngayon ang tamang oras para mag-story telling ka.**" Singit ni Josh.

"**—nagpaka-matay sya.**" Natigilan kaming lahat. "**...kasi hinusgahan sya ng mga tao sa paligid nya dahil lang sa bakla sya.**"

"**Yan ba yung dahilan kung bakit tahimik ka?**" Tanong ko.

Nag-nod naman sya kasabay ng pagtulo ng luha nya. "**Hindi ko maintindihan. Hindi ko maintindihan kung bakit kailangang husgahan ang isang tao ng dahil lang sa bakla sila.**" Tumingin sya sakin. "**...tao pa rin naman sila diba? Sila pa rin yung nakakasama natin? Sila pa rin yung tumutulong satin? Sila pa rin yung nagpapangiti satin? Wala naman nagbago sa kanila, umamin lang sila kung sino sila. Kaya anong mali?**"

Katahimikan. Yun ang bumalot saming lahat. Gusto ko mang sagutin ang tanong nya hindi ko magawa. Hindi ko alam kung pano ipapaliwanag sa kanya.

Hindi ko alam kung anong mali.

"**Hihintayin ko pa bang magpakamatay din si Kit bago masagot ang tanong ko?**" Sabi nya habang pinupunasan ang luha. "**...nawalan na nga ako ng pinsan, mawawalan din ba ko ng kaibigan?**"

Simula ng makilala ko si Ci-N, lagi nalang nya kong pina-mamangha sa mga ginagawa at sinasabi nya. Ang talino nya, ang galing nya at ang pagiging mapursige nya.

Ngayon, namangha na naman ako sa kanya dahil sa mga sinabi nya. Halatang sampal sa mga Ulupong na to ang mga salitang yon.

Kanya-kanya sila ng iwas at ang iba naman ay napayuko.

"**Wag ka mag-alala.**" Sabi ni Kit at ngumiti sa kanya. "**...hindi ako mawawala.**"

Tinapik ko sa balikat si Kit bago lumapit kay Ci-N. Niyakap ko sya mahigpit. Ngayon kaya ko ng ipaliwanag sa kanya.

"**Walang mali sa kanila. Walang mali sa pinsan mo at kay Kit.**" Tinignan ko ang mga Ulupong. "**...mali ang mga taong humuhusga sa kanila ng hindi man lang alam ang pinag-dadaanan nila. Mali ang mga taong yon dahil sarado ang isip nila. Mali sila dahil sariling pang-unawa lang nila ang ini-intindi nila. Sila ang mali hindi si Kit....hindi ang pinsan mo.**"

Yumakap din sya sakin. Bata pa talaga sya. Bata'ng-bata mag-isip sa mga bagay-bagay. Masyado'ng inosente sa mga bagay na kung tutuusin dapat may alam na sya.

"**Tama si Jay-jay.**" Sabi ni Edrix. "**...kung tutuusin hindi muna dapat natin hinusgahan si Kit.**"

"**Pero hindi mo rin naman siguro kami masisisi. Nakakasama namin sya sa lahat ng bagay, tapos isang araw—ganun-ganun nalang yon.**" Sabi ni Rory.

"**Bigyan mo muna siguro kami ng oras para mag-adjust.**" Sabi ni Calix.

"**Siguro nga.... Kaibigan pa rin naman namin si Kit. Kaya matatanggap din namin sya.**" Dagdag ni Blaster.

Ng mga oras na yon bigla kong naalala yung mga Ulupong na nakilala ko dati. Yung mga ugok na kahit alam kong Gago, maasahan naman.

Parang may kumurot sa puso ko. Hindi ko naman dapat maramdaman to eh, pero hindi ko mapigilan.

"**Sala—.**"

"**Hey, you!**" Sigaw ng kung sino na pumutol sa sasabihin ko.

Nangunot ang noo ko. Anong ginagawa ng babaeng to dito?

"**S-si Honey ba yan?**" Tanong ni Felix habang nakatingin sa babaeng galit na galit sa bawat hakbang palapit samin.

Huminto sya sa mismong harapan ko. Kahit si Ci-N nabigla sa kanya kaya agad na nagtago sa likod ko.

"**Jay-jay, right?**" Maarteng tanong nya sakin.

"**O-oo.**"

"**Where is your stepbrother?**"

Nangunot ang noo ko sabay tingin kay Felix na taka'ng-taka rin sa nangyayari.

"**P-percy ba?**"

Pinagtaasan nya ko ng kilay. "**Do you have another stepbrother aside from him?**"

Umiling ako. *Anong bang problema nito?*

"**Then, answer my question.**" Utos nya.

Parang may kung anong pumitik sa utak ko at nagsimula na kong mairita sa pagmumuka nya.

"**Problema mo ba? Ano bang kailangan mo sa kanya?**"

Pinanlakihan nya ko ng mata. "**Your. step. brother. owe. me. a. lot.**"

Shit!

Anong gulo to Percy?

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter: @lareypot
Instagram: @lareypot
Author's FB Page: Lara Flores - eatmore2behappy

Chapter 252

A/N: Congratulations sa mga Graduate at Moving up *keneme* na hindi ko magets! Hahahaha Charot! Bayad na ang paghihirap nyo at maghihirap pa kayo lalo! Bwuahahahahahahaha! 😂😂😂😂 Ang harsh ko ba!

Joke lang. Lagi nyo tatandaan na pasasaan ba at matatapos din ang paghihirap! Good luck sa inyong bagong school level or classmate. Aral mabuti!

Thank you so much sa cover na ito.@scarlet_cacai26

eatmore2behappy
Ang Mutya
Ng Section E
DarkSide

catmore2behappy
Ang Mutya Ng
Section E
DarkSide

Thank din po sa cover na ito. @ColdGirl197


Ang
Mutya ng Section
E
eatmore2behappy


"Hindi ko kakayaning
mawala ka. So, please...
Don't move on" -Keifer
-AMNSE-

EATMORE2BEHAPPY
Ang Mutya Ng Section E


ANG MUTYA NG SECTION E
(The Dark Side)
By: Eatmore2behappy

キラキラ!
ShiningNinja
-JAYRI-
JayRi's Clan

Woah! I love you Rakki!
RakCi's Squad Goals
^ RAKCI ^
-Forever-
"Walang Forever! Pero samin ni Rakki meron!"

Hide and seek

Jay-jay's POV

"**Aray ko!**" Reklamo ko habang pilit binabawi ang kamay ko. "**...nasasaktan naman ako sa kuko mo!**"

"**You walk like a tortoise. So slow!**" Inis na sabi nitong Honey.

Patuloy sya sa pagkaladkad sakin. Partida naka-high heels pa yan. Kung nasa mood lang talaga ako ngayon sasapakin ko na sya eh. Kakatapos lang ng drama namin ng mga Ulupong kaya mabigat pa pakiramdam ko.

Nakarating kami sa labas ng school kung saan naka-park ang kotse nya. Malilintikan ako nito kay Kuya Angelo, iisipin nyang nag-cut ako ng class.

Pano ko kaya papaliwanag sa kanya na tinangay ako ng bubuyog?

"**Get in!**" Utos nya paghinto namin sa tapat ng kotse nya.

Wawawiwow. Ferrari.

Agad kong hinawakan ang pulso ko ng bitawan nya yon. Ang sakit talaga ng pagkakahawak nya. Feeling ko sagad sa buto. May galit ata sakin ang babaeng to!

"**Bakit ba kailangan kasama pa ko? Si Felix dapat ang sinama mo.**" Sabi ko.

Basta nalang nya kasi ako hinablot. Hindi pa ko nakakasagot at si Felix sa kanya non. Malay ko naman kasi kung nasan yong magaling na lalaking yon.

"**Are you damn or what? Obviously because you're his stepsister.**" Sagot nya sabay pitik sa daliri.

Aba teka! Tinarayan ako.

Nagpamaywang ang isang kamay ko. Ang isa naman at ginaya ang maarteng porma ng kamay nya animong handang mangalmot dahil

sa haba ng kuko.

"**Obviously, you're damn.**" Sagot ko sabay pitik sa hangin. "**...si Felix ang kasama nya sa bahay kaya sya dapat ang hinatak mo.**"

"**Eew. Don't copy me.**" Sabi nya sabay taas ng isang kilay. "**Hindi ko pwedeng dalhin si Felix.**"

Binaba ko ang kamay ko mula sa baywang at isa naman napa-sampal sa noo ko. Matigas din ang ulo ng isang to eh. Bagay silang mag-Bessy ni Freya.

"**Bakit naman ba?**"

"**Because we have a past.**"

Napataas ang isang kilay ko. "**Naging kayo?**"

"**No!**" Mabilis nyang sagot. "**Niligawan nya ko pero hindi ko sya sinagot. Things like that.**"

Nag-nod naman ako kuwari pero hindi talaga ako kumbinsido sa sagot nya. Hindi kasi sya makatingin sakin ng diretso at parang nate-tense sya. Nawala yung katarayan nya kanina.

I smell something.....amoy jebs.

"**Eeww... Umutot ka ba?**" Tanong ko sa kanya sabay takip ng ilong.

Tinignan nya ko ng masama. "**Hell no!**"

Tinignan ko yung paligid. Wala namang aso or kahit na anong dumi ng hayop sa paligid namin. Binalikan ko ng tingin si Honey at napansin ko ang pamumuo ng pawis sa noo nya.

Napangiti ako ng malapad. "**Ikaw nga yung umutot ano?**"

"**N-no! Stop it!**"

Lalo akong napangiti. "**Sige nga. Kung hindi ka umutot pahawak**

ng tenga." Sabi ko at inamba ang kamay sa tenga nya. "**...sabi nila kapag malamig ang tenga umutot.**"

Agad nyang nilayo ang tenga nya sakin. Hinampas din nya ang kamay ko dahilan para mapangiwi ako sa sakit.

"**What the fvck?! Sumakay ka na nga! Nag-iinit ang ulo ko sayo.**"

Napairap naman ako sa kanya at sumakay na nga sa magarbo nyang kotse. *Sheeeet!* Upuan pa lang, lakas na maka-yaman. Parang gusto ko tuloy ng ganitong kotse.

Sumakay na rin sya at mabilis na pina-andar ang kotse. Buti nalang at medyo mabagal ang ang mga sasakyan sa harap namin dahil parang handa na syang humarurot sa higpit ng hawak nya sa manibela.

"**What's with the traffic? Buti pa sa London hindi ganito.**" Inis na sabi nya.

Napatingin naman ako agad sa kanya. London ang sinabi nya? Sa London. Ang alam ko....

Hindi kaya magkasama sila?

"**Galing kang London?**" Tanong ko.

Tinignan nya ko sandali bago ituon ulit ang paningin sa daan.

"**Yes. I am.**" Bored nyang sagot.

"**M-mag-kasama ba kayo ni K-keifer?**" Alanganing tanong ko.

Gusto kong bawiin ang sinabi ko. Ayoko talagang alamin. Kakaiba ang kutob ko sa magiging sagot nya. Pero malaki'ng bahagi ko ang gustong marinig ang sasabihin nya.

"**Y-yes.**" Sagot nya at agad na bumigat ang dibdib ko.

Putena kang talipandas ka!

Sinasabi ko na! May kawalang-hiyaan nga ang hayop na yon. Kaya pala natitiis ako ng Gago'ng yon. Kaya pala! Hudas ka! Kapatid ka ni Herodes! Pisti ka! Pisti!

"**...but please don't tell him that I admitted it to you! He will kill me!**" Dugtong nya na nagpatigil sakin.

Taka ko syang tinignan kahit sa totoo lang bet ko ng hatakin ang mahabang buhok nya at iuntog ang muka nya sa manibela.

"**A-ano bang...**"

"**Yes, I'm with him in London but the reason is because of my job.**" Paliwanag nya habang paminsan-minsang tumitingin sakin. "**...He's my boss.**"

Napakurap-kurap ako sa mga pinag-sasasabi nya. Boss nya si Keifer? Empleyado lang sya? At ang buong akala ko may nagaganap na milagro sa pagitan nila.

"**Teka nga! Ihinto mo nga to! Ipaliwanag mo nga ng maayos!**" Inis na utos ko.

"**Ugh! I can't believe I have to do this!**" Reklamo nya pero niliko parin nya ang kotse para iparada sa gilid ng daan.

"**Ipaliwanag mo ng maayos! From the top!**" Utos ko ulit.

Inirapan muna nya ko bago magsalita. "**Look, Keifer is my Boss. I know you already know that my uncle is his lawyer. Kailangan nya ng mapag-kakatiwalaan na tao, at isa ako don.**"

"**Ano trabaho mo sa kanya? Sexytary? Ganon?!**" Pagtataray ko.

"**You can say....but maybe not. As far as I remember si Keigan ang assistant nya.**"

Si Keigan? Kinalaman ni Keigan? Ang bata pa kaya non. Kasing edad ni Ci-N, pero sabagay matalino naman sya. Parang matanda mag-isip.

"**Ok. Kuwari nalang assistant ka.**" Sabi ko para isantabi ang

usapan. "**...pero ano'ng ginagawa nyo sa London?**"

Nag-feeling Hari at Reyna? Ganern?

Muli na naman syang umirap na para bang napaka-tanga ko kausap.

"**Duh! Hindi mo ba nabalitaan ang paglipat ng lahat ng pera ng Watson's sa kanya?**"

Napakamot ako sa batok. "**N-nabalitaan naman.**"

"**And you're asking a damn question.**" Sarcastic na sabi nya. "**...where talking about billions or trillions of money here. Ano sa tingin mo ang gagawin namin sa London? Of course to work with it! To help him transfer and work with the papers.**" Inis na paliwanag nya. "**... seriously?**"

Sorry naman! Malay ko naman dyan.

Para akong nanliit sa kinauupuan ko dahil sa paraan nya ng pagsasalita. Feeling ko ang tanga-tanga ko at hindi ko naiintindihan yung mga ginagawa nila.

"**Eh k-kung may trabaho pala kayo, bakit andito ka?**"

Tinignan na maman nya ko na para bang ako na ang may pinaka-maliit na utak sa mundo.

"**Wala ka ba talagang alam sa nangyayari kay Keifer?**"

Umiling ako habang bakas ang pagtataka. Tinitigan nya ko ng ilang sandali bago pag-desisyunang paandarin ulit ang kotse.

"**Later.**" Ang tanging isinagot nya sakin.

Pinili ko nalang na tumahimik at baka mapikon na sya ng tuluyan hindi ko pa malaman ang dapat na malaman sa ugok na yon.

Pero bakit si Keifer ang tinutukoy nya eh tungkol sa kanya ang tanong ko? Labo din nito. At anu bang ginawa ng kapatid kong baliw sa kanya?

May ginawa sigurong kalokohan yon.

"**Saan natin pupuntahan si Percy?**" Mahinahong tanong nya.

"**Try natin sa bahay nila ni Felix.**"

Itinuro ko sa kanya ang daan. Hindi nagtagal at kumanan sya sa subdivision kung saan ang bahay nila. Kita ko agad ang bahay nila Felix na may ilang beses ko na ring napuntahan.

Itututuro ko pa lang sana yon sa kanya pero mukang hindi na kailangan. Malayo palang kasi nakatitig na sya ng masama don. Kusa din syang huminto sa tapat ng hindi man lang tinatanong sakin ang eksaktong bahay na pupuntahan namin.

Parang may something talaga eh.

Bumaba na ko ng kotse at ganun din sya. Hindi muna ko gumalaw nung una para tignan kung sya na ba ang kakatok at haharap sa mga tao sa loob. Nung hindi sya kumilos, ako na ang gumawa at dalawang beses kong pinindot ang doorbell.

Ilang sigundo lang ang hinintay namin ng bumukas ang gate at seryosong naka-tingin samin ang Mama ni Felix. May hawak pa syang potholder at nakasuot pa ng apron.

"**J-jay-jay? K-kamusta? May kailangan ka ba?**" Nauutal na tanong nya.

Napansin ko na parang hindi sya mapakali at may ilang beses din syang lumingon sa loob. Hindi ko sigurado kung bakit sya nagkakaganyan pero may kakaiba na kong kutob. Ngumiti ako sa kanya.

"**Magandang araw po. May kasama po ako na naghahanap kay Percy.**" Sabi ko sabay turo kay Pulot. "**...sya po si Hali—este Honey Bee.**"

Muntik ko ng sabihing Halimaw.

Ngumiti naman si Tita sa kanya. "**K-kamusta? Nice to meet you. Ako pala ang mother ni Percy.**"

Lumapit naman si Honey sa kanya. Nakangiti pa sya sabay beso sa magkabilang pisngi bago tuloy-tuloy na pumasok sa gate.

Ay wow!

Huminto sya sabay tingin sa paligid bago kami harapin. "**Nice to meet you rin po. Shall I call you Mom or Mama or Mommy?**"

Ene? Iba rin ang kakapalan ng muka nito. Solid!

Napangiwi ako sa inasta nya. Puno naman ng pagtataka ang Mama nila Felix.

"**H-ha?**" Ang tanging nasagot nya.

Ngumiti ulit si Honey sabay hawi ng mahaba nyang buhok. "**Ako po ang future daughter-in-law nyo.**"

Yung namangha ka nalang sa kakapalan ng muka nya. Napakurap-kurap nalang ako. Kakaiba ang babaeng to. Sobrang kakaiba, dinaig pa yata ako.

Ang tanong sino ang makakatuluyan nya. Si Percy ba o si Felix na parang may something sa pagitan nila.

Pinilit ngumiti ni Tita sa kanya. "**G-ganun ba?**"

"**Opo. Asan po pala si Percy?**"

Napansin ko ang mahigpit na pagkakahawak nya sa potholder. Hindi rin sya makatingin sa mga mata ni Honey. Halatang merong mali o mas tamang sabihin na merong tinatago.

"**W-wala sya eh.**"

Mabilis na tumaas ang isang kilay ni Honey. Mukang nahalata din nya na meron kakaiba kay Tita.

"**Nasan—?**"

"**Mama! Sunog luto mo!**" Sigaw ng isang bata mula sa pinto ng bahay.

Natarantang pumasok si Tita para puntahan ang niluluto. Pumasok naman ako para tignan kung sino yung batang nagsalita. Napangiti ako ng makita sya at ang kulay asul nyang mga mata.

Si Dalia.

"**Hello, naalala mo pa ko?**" Tanong ko habang bahagyang naupo para pantayan sya.

Hinawi nya ang mahabang buhok na nakaharang sa muka nya. Ngumiti sya sakin at tumango.

"**Ate Jay-jay.**" Sagot nya at niyakap ako.

Niyakap ko din sya at hinalikan sa pisngi. Ilang buwan pa lang nung huli naming pagkikita pero parang ang laki na nya agad. Mabilis talagang lumaki ang mga bata ngayon.

Narinig ko ang bahagyang pag-ubo ni Honey mula sa likod ko. Bumitaw ako mula sa pagkakayakap ni Dalia at tinignan sya.

Muntik ko na syang makalimutan. Namiss ko kasi ang Baby girl nila Felix. Kahit medyo creepy yan, labs-labs ko yan.

"**Si Dalia, bunso'ng kapatid nila Felix at Percy.**" Pakilala ko sa kanya.

Bahagya syang yumuko at nginitian si Dalia. "**Hello Dalia, you have a beautiful eyes.**"

Nanlaki ang mata ni Dalia at tinuro sa muka si Honey sabay sigaw ng "**Impakta!**"

Nagulat ako sa sinigaw nya kaya mabilis kong tinakpan ang bibig nya. Mang tignan ko si Honey halos matunaw kami sa sama ng tingin nya samin.

"**Excuse me?!**" Iritang sabi nya.

"**W-wag mong pansinin yon. H-hindi nya alam ibig sabihin non.**" Pagsisinungaling ko sabay ngiti.

Maniwala ka nalang, pakshit!

"**Whatever. Asan ang Kuya Percy mo?**" Tanong kay Dalia.

Tinanggal ko ang pagkakatakip ko sa bibig nya. Tinignan nya si Honey pero wala syang kahit na anong sinabi. Hindi ko mapigilan na hindi kabahan. Baka kasi nasaktan ko sya ng hindi ko alam.

Hinarap ko si Dalia sakin at nginitian sya. "**May problema ba?**"

Lumapit sya sa tenga ko at bumulong. "**Sabi ni Kuya, magnanakaw daw yan ng Puri. Wag ko daw kakausapin.**"

Anong?! Sira-ulo talaga ang Blue eyes na yon! Pati ba naman yon tinuro sa bata. Kung hindi ba naman abnormal ang lintik.

Bago pa man ako makapagsalita, tumakbo na sya papasok sa bahay kung saan nagpunta ang Mama nya. Tumayo ako at kamot ulo na hinarap si Honey.

"**M-mukang wala si Percy.**" Sabi ko.

Halatang hindi sya kumbinsido sa sinabi ko. Bigla nalang syang pumasok sa bahay habang sinisigaw ang pangalan ng kapatid kong tukmol.

Pasaway kasi! Kainis!

"**Where the hell are you Percy?!**" Sabi pa ni Honey.

Lumabas na mula sa kusina sila Dalia at ang Mama nya. Nakakapit ang bata sa dulo ng damit ng ina habang takang nakatingin sa babaeng sigaw ng sigaw.

Inakyat na rin nya ang second floor ng bahay. Nagulat si Tita kaya agad syang sinundan. Naiwan si Dalia at maya-maya lang ay lumapit sya sakin at hinawakan ako sa kamay. Akala ko dahil natatakot sya pero unti-unti nya kong hinatak papunta sa likod ng bahay nila.

Dito kami nagkita ni Percy non nung panahong pinagtataguan nya pa ang mga kaibigan at pamilya nya. Tumigil kami sa harap ng CR

kung saan nya ko hinatak non.

Parang alam ko na.

Binuksan ko yung pinto ng CR at tiningala ang kisame. Hindi nakalapat ang sarahan sa butas non.

"**Percy.**" Mahina'ng tawag ko sa kanya pero sapat para marinig nya.

Hindi nagtagal at bumukas yon at sumilip ang kulay asul na mata ng baliw kong kapatid.

"**Hi Jay. Andyan pa sya?**" Mahinang tanong nya.

Nag-nod ako sa kanya. "**Anong ginawa mo? Bakit hina-hanting ka non?**"

"**Hindi ako sumipot sa Date namin kagabi.**"

Sandali akong tumingin sa loob ng bahay bago sya muling harapin para kausapin.

"**Anong date? Kayo na ba?**"

Mabilis sya umiling. "**Impakta yan. Ang kulit-kulit.**"

Napailing nalang ako habang natatawa. Sa kanya pa talaga nang-galing ang salitang yon. Sa kanya pa talaga. SA KANYA PA TALAGA, AH?

"**Ayaw mo bang maulit ang nangyari sa inyo non?**" Pang-aasar ko.

Bigla nalang syang umarte na parang nandidiri. "**Niyurakan nya puri ko tapos uulitin ko pa. Aba naman!**"

Napalakas ang huling sinabi nya dahilan para mag-echo yon sa banyo. Agad akong tumingin sa loob ng bahay pero mukang hindi rin nila napansin o narinig pa yon.

Niyurakan.....lalim!

"**Ikaw nga. Wag mo turuan si Dalia ng mga ganyang salita.**"

Sermon ko sa kanya.

"**Hindi naman nya alam ang ibig sabihin non.**" Sagot nya sakin.

Napairap nalang ako. Tukmol talaga sya. Sarap gawing pula ang asul na mata nya.

"**Sige na. Hahatakin ko na paalis dito para makalabas ka na dyan.**" Dinuro ko sya. "**...may utang ka sakin.**"

"**Thanks *sista*.**" Maarteng sagot nya at kumindat.

Sinara ko ang pinto ng banyo at hinawakan si Dalia sa kamay para ayaing pumasok sa loob. Naririnig ko sila Tita at Honey na mukang nag-uusap.

"**Ate Jay-jay.**" Tawag sakin ni Dalia. "**Ano yung puri?**"

Anaknang... Eto na sinasabi ko.

Napakamot ako sa ulo. "**Isang bagay na meron ang Kuya Percy mo pero hindi halata.**"

Nag-nod naman sya bilang pagtanggap sa sagot ko. Hindi ko mapigilan na hindi matawa. Alam ko naman kasi na hindi nya talaga naiintindihan yon. Masyado pa syang bata para ipaliwanag ang bagay na yon sa kanya.

Pagpasok namin sa loob. Stress na stress ang itsura ng bubuyog. Maka-ilang ulit nasuklay ang buhok habang merong tinatawagan sa cellphone.

Napatingin samin si Tita na parang merong gustong itanong. Mukang alam nya kung saan nagtago ang luko nyang anak. Ngumiti lang ako at pasimpleng sumenyas ng thumb's up sa kanya.

Huminga naman sya ng malalim at parang nawala ang pag-aalala. Hinarap nya ulit si Honey na mukang inis na inis na sa cellphone nya.

Malakas na buntong hininga na may kasamang sigaw ang binitiwan nya. Bahagyang natakot si Dalia sa ginawa nya at nagtago sa likod

ko.

Humarap sya samin na nakangiti. Muka syang baliw na malapit ng mawala sa sarili.

O baka talagang nawawala na.

"**Pagbalik ni Percy, pakisabi sa kanya na sagutin ang tawag ko. Mauuna na po ako.**" Sabi nya at tuloy-tuloy na naglakad palabas ng bahay.

"**Teka!**" Tawag ko sa kanya.

Balak pa yata akong iwan, eh sya tong nagsama sakin dito. May sira talaga sa tuktok yon.

Nagpaalam na ko kay Dalia at sa Mama nya. Sinabi kong babalik nalang ako kapag may oras ako. Nanghingi din ako ng sorry dahil sa pang-gugulo nitong Impakta'ng to.

Patakbo akong lumabas para habulin si Honey. Buti nalang at pasakay pa lang sya ng kotse kaya abutan ko sya.

"**Hoy! Hoy! Aba! Baka gusto mo muna akong hitayin.**" Sabi ko sabay turo sa kanya.

"**Whatever! Get in!**" Sigaw naman nya sakin.

Tulok tong babae na to. Hindi lang nakita si Percy tinopak na. Kasalanan din naman kasi nya, kung hindi nya kinulit ng kinulit yung isa hindi naman sya tataguan.

Sumakay ako sa kotse nya at padabog na sinara ang pinto ng kotse. Wala naman syang sinabi sa ginawa ko kaya hinayaan ko nalang sya.

Mayaman naman sya, marami sya pambili kotse.

Halatang naiinis na pa rin sya sa taguang nangyari sa kanila ni Percy. Atat pa naman akong itanong sa kanya yung sinasabi nya tungkol kay Keifer.

Panu ko kaya sisimulang itanong sa kanya?

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter: @lareypot
Instagram: @lareypot
Author's FB Page: Lara Flores - eatmore2behappy

Chapter 253

A/N: Happy Birthday Cliff! 🌿🌿🌿🌿
Hindi na uso cake ngayon. Mais na daw! Hahaha...

Thank you for this cover. SissyDoggie

"Hindi ko namalayan na nailapit
ko na pala ang stick sa labi ko.
Panget daw sa babae ang manigarilyo,
Bakit?Nakaka gwapo ba sa Lalaki?"

"AKALAIN MO YUNG ARAW NG MGA PUSO NGAYON.
KINAPA KO ANG DIBDIB KO.
BAKA KASI WALA PALA AKONG PUSO HINDI KO ALAM."



Thank you po dito. @Dark_Yume



King

Jay-jay's POV

"**Saan punta?**" Halos pabulong kong tanong.

Muka kasing nasagad na tong si Honey. Ang higpit ng hawak sa manibela. Parang matatanggal na. Nagsisimula na ring bumilis ang

takbo ng kotse nya.

Ferrari to men! Lilipad kami dito!

Wala akong makukuhang sagot sa kanya kung ganito sya. May utang pa syang paliwanag sakin sa nagaganap sa buhay nung Hari ng mga Ulupong.

"**Damn it! Ugh!**" Sigaw nya na muntik ng magpatalon sakin.

Kung hindi ba naman kasi, nabaliw na yata sya ng tuluyan. Kailangan ko ng tumalon palabas ng kotse. *Mygudness!*

Pero mukang hindi ko na kailangan pang gawin yon. Unti-unti'ng bumagal ang takbo ng kotse at pinarada nya yon sa gilid ng daan.

"**May problema—?**" Hindi ko na natuloy ang sasabihin ko dahil bigla nyang paghampas ng malakas sa manibela.

Putcha! Lalabas na ko baka ako naman ang hampasin nya.

"**I hate them! I hated Felix and now I hate Percy! They're jerks!**" Sigaw nya.

Napakapit nalang ako sa bangkuan ko dahil sa takot ko sa kanya. Malay ko ba kung anong sunod nyang gawin. Hindi ko pa naman mabuksan yung pinto kaya hindi ako makaalis agad.

"**A-ano ba kasing ginawa s-sayo nung dalawa?**" Alanganing tanong ko.

Dapat kasi hindi na ko magsalita eh. Kaso baka ako naman ang pagbuntunan nya kung hindi ko ibabaling ang atensyon nya sa iba.

Bigla nalang syang sumigaw ng pagkatinis-tinis. Makabasag eardrums at parang nalaglag lahat ng tulok ko sa tenga.

Alay....seket.

"**That Felix! He's damn! And that Percy!**" Huminga sya ng malalim. "**...we supposed to have a date last night. Ang hirap isingit ng date na yon sa schedule ko tapos sasayangin lang**

nya! Samantalang sya ang nangako sakin ng date!"

Nangunot ang noo ko. Parang may mali. Si Percy pala ang nangako ng date eh bakit sya ang nagtago? Ang gulo-gulo nitong dalawa na to.

"Sya ang nangako?"

"Yes! Sabi nya, tulungan ko syang maka-usap si Keifer at bilang kapalit ide-date nya ko! That guy! So stupid!" Inis na sabi nya.

Kausapin si.....putik!

May ginagawa ang lukong yon na hindi ko alam. Bakit nya kinausap ang ugok na yon? May nagaganap ba na hindi ko alam. What iz de meaning of thez?

"A-anung pinag-usapan n-nila?"

"I don't know. I don't stick my nose with his personal businesses."

Kainis! Kakaiba yung pakiramdam ko. Hindi pa naman mahilig magsabi ang Persing na yon. Yung dahilan nga ng galit nya kay Yuri hindi ko pa rin alam eh.

Nakagat ko ang ibabang labi ko. Hindi ko gusto tong nararamdaman ko. Kapag talaga may kinalaman sa Dimunyung Hari hindi ako mapakali.

"May utang ka pa nga palang paliwanag sakin." Sabi ko ng hindi na inaalintana ang galit ng bubuyog.

Tumaas ang isang kilay nya. **"What?"**

Ako naman ngayon ang nakaramdam ng inis. **"Yung pinag-uusapan natin kanina! Kung bakit kayo umuwi dito sa Pilipinas ng Hari—ni Keifer!"**

Matalim na irap ang binigay nya sakin. Lalo akong nainis sa ginawa nya. Sundutin ko kaya mata nito?

Bulagin ko na ba?

"**Mas mabuti siguro kung dalhin kita sa kanya.**" Sabi nya at mabilis na pina-andar ang kotse.

Hindi na ko nakapalag pa. Napakapit nalang ako sa pwedeng kapitan dahil sa bilis nyang magmaneho. Daig pa nya kasali sa karera. May ilang beses din kaming nabusinahan ng mga kotse dahil sa pag-over take nya.

Dahil na rin sa taranta at takot hindi ko na nagawang tignan ang paligid. Nakahinga lang ako ng maluwag ng lumiko sya sa isang malawak na parking.

Paghinto ng kotse. "**Baba!**"

Napairap naman ako. Akala mo naman! Paglabas ko ng kotse parang gusto ko ulit bumalik sa loob. Ang malaking sign ng Fer Corp kasi ang bumungad sakin.

Anak nang.... Pagnakita ako ni Kuya, todas ako!

"**Umaano tayo dito?!**" Tanong ko habang palinga-linga.

Baka andito lang si Kuya Angelo sa paligid. Babalatan ako ng buhay non. May kasama pang sermon yon kapag ginawa nya.

"**Pupuntahan si Keifer.**"

Napahinto ako. Pupuntahan? Panung—*anak ng shutanginamers!* Wag mong sabihin na—wag nga! Di nga!

Kusang gumalaw ang mga paa ko papunta sa entrance ng building. Ang daming tao na nagkalat. Karamihan nakasuot ng pang-business. Nawalan na ko ng paki kung makita man ako ni Kuya Angelo.

Kainis! Bakit ba ko nasasabik na makita sya?!

Bigla nalang may humawak sa braso ko bago pa ko makapasok sa mismong entrance. Paglingon ko ang mataray na muka ni Honey ang bumungad sakin.

"What are you? Stupid? Kung hindi mo napapansin meron nagaganap dito!"

Tinignan ko ang paligid at ang mga taong nakita ko na kanina. Karamihan sa kanila nakatingin samin.

"Miss Jasper Jean." Tawag ng kung sino.

Naks. Lakas maka-ganda ng salitang Miss.

Nilingon ko yon at palapit ang isang pamilyar na babae. Nakangiti naman syang huminto sa harap namin kasabay ng pagbitaw ni Honey sa braso ko.

"Si Sir Angelo po ba ang pinunta mo?" Magalang na tanong nya sakin.

Alanganin ngiti at ngiwi ang ginawa ko. **"A-ano..."**

Hindi ko maalala kung sino sya. Assistant ata ni Kuya Angelo o isa sa mga empleyado na naka-harap ko na dati.

"We're looking for Mr. Watson." Singit ni Honey.

"Ahh sya po ba? Nasa conference room pa po sila ni Sir Angelo."

Magkasama sila? *Shet!* Sabi ko na. Sya nga yung investor keneme na pupunta galing UK.

Napahawak ako sa ulo ko. Ano ba naman yan? Ayaw na yata mag-function ng utak ko. Hindi ko na alam ang gagawin ko. Gusto ko syang makita pero para saan naman? Panu kung ayaw naman pala nya kong makita.

"Sa loob nyo nalang po sya antayin. Tara at ikukuha ko kayo ng visitor's ID." Aya nitong babaeng kaharap namin.

Nagpauna syang maglakad at sumunod naman si Honey sa kanya. Ayaw gumalaw ng mga paa ko. Badtrip! Ngayon pa talaga sila nanigas.

Nasobrahan ata sa balot.

"**Ano! Dyan ka nalang?**" Iritang sabi ni Honey dahilan para pagtinginan na naman kami.

Pinilit kong igalaw ang mga binti ko. Parang robot ang mga paa ko habang humahakbang pasunod sa kanila. Lalo akong pinagtinginan ng mga tao.

Umayos naman kasi kayo! Papaputol ko kayo dyan eh. Sa reception ko nakita si Honey at yung babae. Meron syang kinuha na malaking ID. Kagaya ng binigay nila sakin dati nung unang punta ko palang dito.

Nang makalapit, inabot sakin ni Honey ang ID na para sakin. Sinuot naman nya yung para sa kanya.

"**Dito po tayo.**" Aya nung babaeng kausap namin.

Dinala nya kami sa likod na bahagi ng reception. May naglalakihang sofa set at coffee table sa gitna. Marmol na pader lang ang naging pagitan nito sa mismong reception. Samantalang salamin naman yung ilang bahagi kung saan kita ang labas ng building.

Naupo ako sa isa sa mga sofa kung saan kita'ng-kita ang elevator. Ewan ko pero hindi na naalis ang tingin ko don.

"**Ipapasabi ko nalang po sa taas na nandito kayo at naghihintay.**" Sabi ng babae pero pinigilan agad sya ni Honey.

"**Don't bother. Tinext ko na si Keigan.**"

Ngumiti nalang yung babae at nagpaalam na. Nagpasalamat naman ako at binalik ang tingin sa pinto elevator.

Hindi na ko tuluyang nakapasok sa klase. Alam ko din na nag-aalala na si Ci-N at Yuri sakin pati na rin yung ibang Ulupong. Gustohin ko man silang tawagan hindi ko magawa dahil naiwan ang phone ko sa bag na nasa school.

"**Alam mo, muka kang timang.**" Sabi ni Honey sakin.

Napairap ako saktong paglingon ko sa kanya. Naka-di-kwatro pa sya ng upo habang nakaharap sa cellphone nya.

Sana talaga kinuha ko yung phone ko!!

"**K-kelan pa kayo bumalik ng Pilipinas?**" Tanong ko.

"**Ako? Kahapon lang. Si Keifer? I don't know.**"

"**Anong you *don't know*? Akala ko ba magkasama kayo sa UK?**"

Umirap sya bago sumagot. "**Duh! Malamang not all the time. Besides, ilang beses nya kaming tinakasan. Malalaman nalang namin dahil bigla-bigla silang nag-aaway ni Keigan.**" Sandali syang nagtype sa cellphone at nagsalita ulit. "**...but from what I understand. Ilang beses syang umuwi dito sa Pinas.**"

Ilang beses umuwi?

Kung may ilang beses na pala syang umuuwi, bakit hindi man lang sya nagpapakita samin.....*o sakin?* Anong ibig sabihin non? Binibigay nya yung space na sinasabi nya?

O baka naman ayaw na talagang magpakita.

Napahawak ako bigla sa dibdib ko. Nakakainis! Kusa nalang kasing kumikirot to kapag pumapasok sa isip ko ang bagay na yon.

Na baka ayaw na nya talaga sakin.

"**K-kamusta pala sya?**" Hindi ko mapigilang hindi itanong.

"**Ayos naman, I think. Kagaya pa rin ng dati. He don't talk too much. Always alone and drink. Ang nabago lang siguro yung pagtigil nya sa paninigarilyo.**" Paliwanag nya.

Gusto kong malaman kung kumakain ba sya ng maayos. Gusto ko malaman kung may ibang babae ba syang kinakausap. Gusto kong malaman kung....kung....*kung nami-miss din ba nya ko.*

Naiinis ako sa sarili ko. Asang-asa na naman ako sa kanya. Hindi naman kasi dapat ganito. Bakit ba masyado akong nagpapa-apekto

sa kanya? Bwisit! Kasalanan mo tong impakto ka.

Napatingin ako kay Honey. Naiingit ako sa kanya. Naiingit ako kasi nakakasama nya si Keifer. Hindi ko maiwasan na hindi hilingin na sana ako nalang ang nasa kalagayan nya.

Naalala ko tuloy nung unang beses ko syang makilala. Inis na inis ako sa kaartihan nya at kalandian nya. Speaking of unang makilala, meron akong biglang naalala.

"**Diba sabi mo wala naman kayong something ni Keifer?**" Tanong ko kay Honey.

Nag-nod naman sya bilang sagot.

"**Eh bakit unang beses tayong magkita, para kang ahas kung maka-lingkis sa kanya?**" Medyo inis na tanong ko.

Nag-isip sya sandali bago umayos ng upo. "**Ow, that one!**" Ngumiti sya ng matamis sakin. "**...It's just for a show. Madalas naming gawin yon para itaboy ang mga babae'ng umaaligid sa kanya. May pagka-chickboy si Keifer pero maselan pa rin sya pagdating sa babae.**"

Itaboy?

"**Sino namang itibataboy nyo nung araw na yon?**"

"**None. It was the other way around. He's making someone jealous.**" Sagot nya at kumindat sakin.

Nakipagtitigan sya sakin at puno ng kahulugan ang mga tingin nya. Parang bang sinasabi nya '*you know what I mean, don't play dumn with me*'. Mabilis akong umiwas ng tingin dahilan para tumawa sya.

Badtrip!

Tumunog ang cellphone nya kaya huminto sya sa pagtawa. Sinagot nya yon at nakipag-usap sandali. Nang ibaba nya ang cellphone tumayo sya at naglakad.

"**Tara...**" Aya nya bago ako lagpasan. "**...pababa na sila.**"

Pagkasabi nya non, tumingin ako sa elevator. Kitang-kita ko mula sa maliit ng monitor sa taas ang number ng floor kung nasan ang elevator at ang arrow na tumuturo pababa.

Unti-unti'ng bumilis ang tibok ng puso ko. Para bang parating na ang kinatatakutan ko. Pero iba ang takbo ng isip ko. Nagdadalawang isip ako kung magpapakita ba ko sa kanya o hindi.

Alin man sa dalawa isa lang ang dikta ng katawan ko. Hindi na kasi ako makagalaw mula sa kinatatayuan ko. Hindi na rin maalis ang tingin ko sa lintik na elevator na yan.

Humihigpit ang paghinga ko hangang sa tumunog ang bell ng kamatayan—este ng elevator.

Lalong bumilis ang tibok ng puso ko. Parang nagwawala na sa dibdib ko. Gusto na yatang humiwalay sa katawan ko.

Umayos ka! Dudukutin kita!

At ng tuluyan ng bumukas ang pinto, unti-unti'ng naglabasan ang mga tao. Si Keigan ang una kong nakita, parang nag-iba ang itsura nya. Namayat ng kaunti.

Sa likod nya, naglalakad ang taong matagal ko ng gustong makita. Ang taong kinaiinisan ko pero hinahanap-hanap ko. Ang taong isinusumpa ko pero iniiyakan ko. Ang taong gusto'ng-gusto kong paulanan ng mura.

"**K-keifer...**"

Naka-business attire. Pulido ang galaw na para bang isa syang kagalang-galang na tao. Medyo nag-matured ang itsura pero gwapo pa rin. Maaliwalas ang muka.

Sandali syang nakipag-usap sa isa pang lalaki na naka-business attire din. Nagkaroon ako ng pagkakataon para pagmasdan pa sya.

"**Kailangan ko ng umalis.**" Sabi ni Honey pero hindi ko sya pinansin.

Hindi ko na namalayan na naka-alis na pala sya sa tabi ko. Hindi ko

pa rin kasi inaalis ang tingin ko sa punyeta'ng Hari.

Gusto kong ihakbang ang paa ko para sugurin sya. Gusto kong sumigaw para murahin sya. Gusto kong.....gusto kong iparamdam sa kanya ang paghihirap namin ng mawala sya.

Anak ka ng earth Keifer!!

Bakit ganito ang epekto mo sakin? Hayop! Hindi makagalaw ang katawan ko. Ayaw sumunod sakin ng mga binti at tuhod ko. Shutanginamers naman!

Huli ko na napansin na basa na pala ang pisngi ko ng mga luha. Pota! Hindi naman dapat ako umiiyak. Wala dapat iiyak! Kingina! Kasalanan nya lahat to!

Kasalanan mo tong animal ka! Wala kang ibang ginawa kundi paiyakin ako. Hudas ka! Putena ka! Isa kang malaking-malaking pisti! *Waaaahhhhhh!*

Sisigawan talaga kita! Kapag nakaharap kita ng malapitan. Sa mismong muka mo sisigaw ako! Sisigawan kita! Sisigawan kita ng.....

"PUTANG'NA MO KEIFER!!"

Huli na ng mapagtanto kong isinigaw ko talaga ang iniisip ko. Natakpan ko nalang ang bibig ko. Kasunod non ang pagtingin sakin ni Honey at ng ibang tao.

Pero hindi yon ang inaalala ko. Ang hindi pag-galaw ng Hari ang ikinabahala ko. Nakilala kaya nya yung boses ko?

Kailangan kong magtago! Ano.....dapa! Hindi. Gapang.....tabling.....gulong! Kinginames! Para akong may pinagkaka-utangan na pinagtataguan.

Sa kagustuhan kong mataguan ang Hari. Tumalon ako mula sa kinatatayuan papunta sa kabilang bahagi ng sofa. Daig ko pa action star sa ginawa ko.

"*Sino ba yon?*"

"*Please someone call a security.*"

"*Ang kabataan talaga ngayon.*"

"*What a filthy mouth.*"

Dinig kong sabi ng mga tao sa hindi kalayuan sa pinagtataguan ko. Mamaya na kayo tumawag ng security kapag nawala na sila dyan.

May narinig akong yabag ng mga paa palapit sa pwesto ko. Hala! Ayan na yung mga sekyu.

"**Where is she?**" Sabi ng isang pamilyar na boses.

Nanigas ang katawan ko. Pati paghinga ko pinigil ko na rin wag lang nila malaman kung nasan ako. Hindi ako handa'ng humarap sa kanya.

Sigawan mo ba naman eh!

Pero kahit ganon, parang musika sa tenga ko ang boses nya. Parang medyo lumaki ang tinig nya. Puberty hit, ganern!

"**Nawala po sya.**" Sabi ng isang malaking boses.

"**I'm sorry Mr. Watson. Maniwala po kayo, hindi po namin empleyado yon.**" Sabi ng isang babae na parang nagmamaka-awa.

"**It doesn't matter. Hindi naman maapektuhan non ang business proposal nyo.**" Sagot nya. "**...I just don't like hearing inappropriate word. Maybe I'll make her pay with those *profanity*.**"

Napapikit ako ng matindi. Alam nyang andito ako. Alam nya! May diin ang huling word na sinabi nya. Putik!

"**Kuya!**" Boses ni Keigan. "**...we have to leave. Male-late na tayo sa flight.**"

Sige! Alis na!

"**Okay.**" Sagot nya at nakarinig ako ng ilang hakbang ng paa

palayo.

Kahit wala na kong naririnig hindi pa rin ako umaalis sa pinagtataguan ko. May presensya kasi ng tao akong nararamdaman. Malakas ang kutob ko!

Tumama naman ang hinala ko ng marinig ko syang magsalita.

"**Maybe next time.**" Sabi nya na parang papalayo. "**...Jay-jay.**"

Tuluyan na kong lumabas sa pinagtataguan ko. Pero wala na sya, nakatalikod sakin at palabas na ng building. Gusto kong maiyak ulit!

Yung atungal talaga. Yung parang sa bata.

At mukang yun nga ang gagawin ko mamaya. Dahil sa hindi kalayuan, nakatayo si Kuya Angelo. Salubong na salubong ang mga kilay at parang umuusok na ang ilong sa galit.

Patay! Burol! Libing!

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter: @lareypot
Instagram: @lareypot
Author's FB Page: Lara Flores - eatmore2behappy

Chapter 254

A/N: There's no special day as your Birthday. But I don't feel special at all.

Thank you so muh for this cover. SheikaOlib


BY: EATMORE2BEHAPPY
ANG
Multya
Ng
SECTION E
(THE DARK SIDE)
PIC•COLLAGE

BY: EATMORE2BEHAPPY

Who knows

Jay-jay's POV

"**AaaaaAaaaAaalllLllaaaAaaayyyyyyy!!!**" Sigaw ko habang hatak hatak ni Kuya Angelo ang tenga ko.

Ang masakit pa nito, mula sa building ng Fer Corp hangang sa parking lot hawak-hawak nya ang maliit kong tenga. Pakiramdam ko malapit-lapit na syang matilas.

Bitaw na please!!

"Ang tigas ng ulo mo! Kung kelan malapit na ang final exam

nyo dun kapa nagluko!" Sermon nya.

"**Masakit Kuya!**" Mangiyak-ngiyak na reklamo ko.

Paghinto namin sa tapat ng kotse nya. Dun palang nya ko binitawan. Mabilis kong hinawakan ang tenga ko'ng manhid na ata sa sakit.

Binuksan nya ang pinto ng kotse nya. "**Sakay!**" Utos nya.

"**Teka lang naman!**" Reklamo ko.

Ang sakit sakit ng tenga ko. Hindi ko pa keri'ng makinig sa sermon nya. Baka lalo lang sumakit to kapag narinig ko pa ang sasabihin nya.

Mukang napansin ni Kuya na malapit na kong lumuha ng matindi-tindi. Huminga sya ng malalim at nag-cross arm bago sumandal sa kotse nya.

"**Kanino mo nalaman...**" Mahinahong sabi nya. "**...na darating si Keifer?**"

Umiling ko habang pinupunasan ang mga mata ko. "**Wala. Hindi ko din alam na darating sya.**"

"**Eh anong ginagawa mo dito?**"

"**Si Honey, dinala ako dito. Tapos dito ko nalang din nalaman na sya yung Investor *keneme* na galing UK.**" Tinignan ko sya na parang nagtatampo. "**...Eh ikaw? Bakit hindi mo sinabi sakin na si Keifer pala yung investor?**"

"**He's not the investor. Representative lang sya. Wala pa syang 21 at hindi pa sya graduate para kayaning magpatakbo ng company.**"

"**Kahit na! Hindi mo pa rin sinabi na darating sya!**"

Bigla nalang syang umamba ng batok sakin. Agad kong sinangga ang mga braso ko at umiwas sa kamay nya.

"It's a business matter! Hindi ka naman nagta-trabaho sa company para sabihin ko sayo!"

Napa-nguso ako. Hirap namang kausap nitong si Kuya eh. Palibhasa kasi walang ka-alam-alam sa mga naganap sa buhay ko kaya hindi nya ma-gets yung gusto kong sabihin.

"Sumakay ka na." Utos nya sabay turo sa bukas na pinto ng kotse. **"...ihahatid kita sa school nyo."**

Padabog akong sumakay sa kotse nya. Salubong na salubong ang kilay ko at kulang nalang mawala na ang pagitan non.

Nakakatuwa din tong si Kuya. Wala na kong papasukan tapos ihahatid pa ko sa school. Aano ako don? Papasok ulit para umuwi?

Isang hakbang papasok ng gate tapos labas ulit.

Wala ng nagsalita samin simula ng umandar ang kotse. Nakatutok lang sya sa kalsada samantalang ako nakatutok ang isip sa Animal na Hari.

Kinginames! Sasapakin ko talaga sya sa susunod. Hindi ako makapaniwala sa hayop na yon. Tiniis talaga nya ko. Okay lang talaga sa kanya na hindi kami magkita.

Putang'na yang space na yan. Dun na sya tumira sa outer space. Landiin nya yung mga alien don. Kainis! Magsama sila ni E.T.

Yung isang buwan nya, isang dekada yata talaga. Naiiyak ako sa sobrang inis. Bwisit kasi! Bwisit! BWISIT!

Bwisit ka Keifer! Bwisit ka talaga!

Hindi man lang nya inalam kung okay ako. Hindi man lang nya inalam kung kumakain ako ng maayos. Hindi man lang nya inalam yung nangyayari sa Section namin. Hindi man lang nya inalam kung napasali na naman ako sa gulo.

Walang inalam ang hayop—!

"Kinamusta ka nya." Sabi ni Kuya dahilan para mapatingin ako sa

kanya. "**...kinamusta ka ni Keifer.**"

"**Tang'na!**" Wala sa sariling sagot ko.

Agad akong tinignan ng masama ni Kuya. "**Minumura mo ba ko?**"

Mabilis akong umiling. "**H-hindi ikaw. Si Keifer.**"

Binalik nya ang tingin sa kalsada at nagpatuloy sa pagmamaneho. Umayos ako ng upo at bahagyang umubo para iklaro ang lalamunan.

Kung tama ang dinig ko, kinamusta ako ng talipandas.

"**A-anung sabi nya?**"

"**Kamusta ka daw. Yun lang.**"

Napakurap-kurap ako. Yun lang? Yun lang?! YUN LANG?! Na-excite pa man din ako. Hanep talaga! Wala akong masabi sa pagiging Gago ng Hari ng mga Ulupong.

"**W-wala na?**"

Sandaling tumingin sakin si Kuya bago ibalik ang paningin sa kalsada.

"**Wala na. Bakit? Meron ba dapat?**"

Gusto kong iuntog yung ulo ko sa bintana ng kotse. Ginagalit talaga ako ng hudas na yon. Pisti! Pisti!

Hindi nagtagal nakarating na kami sa tapat ng school. Huminto ang kotse pero bago pa man ako makababa may sinabi si Kuya na nagpahinto sakin.

"**Mahal mo ba talaga si Keifer?**"

Nakagat ko ang ibabang labi ko. Gusto kong sumagot ng *Oo*, pero alam kong magagalit sya kapag narinig nya ang sagot ko na yon.

Mukang nahalata naman nya na ayaw kong sumagot.

"Hindi naman kita binabawalan na magmahal. Pero siguro, wag si Keifer."

Tinignan ko sya na puno ng pagtataka. Naiintindihan ko nung binawalan nya kami dati dahil engaged ako kay Yuri non. Pero yung ngayon, bakit?

"Mahirap mahalin ang isang Watson, malaki ang kabayaran."

Magkano ba? Mag-iipon ako.

"Tinatakot mo ba ko?"

"No, I'm telling you the truth."

Nag-nod lang ako bilang pagtanggap sa mga sinasabi nya. Binuksan ko na ang pinto ng kotse at lumabas. Hinintay muna nya kong makapasok sa gate bago sya umalis.

At yun na rin ang naging signal ng mga mata ko para pabagsakin ang mga luhang kanina pa excited lumabas.

Ang daya kasi! Bakit parang ako lang ang nahihirapan na hindi kami nagkikita? Bakit parang ako lang ang sumasalo ng sakit? At bakit ba asa'ng-asa pa rin ako sa hudas na yon?

"Jay-jay?" Tawag ng kung sino.

Nang tignan ko yon, si Yuri na palapit sakin ang nakita ko. Pinunasan ko ang mga luha ko at ngumiti sa kanya. Pero hindi pa man din ako nakakapag-salita, ang mga braso na nya ang sumalubong sakin.

Mahigpit ang naging yakap nya. Hindi ko na rin napigilan na yumakap sa kanya at kasunod non ang pagragasa na naman ng mga luha ko. Daig pa falls sa dami ng pagbagsak.

"Keep crying. I'll be your handkerchief to wipe your tears." Sabi nya na lalong nagpalakas ng iyak ko.

"N-n-nakita ko s-sya." Sabi ko at naramdaman ko ang paghigpit ng yakap nya. **"...b-bakit ganon, p-parang ako lang ang nag-h-h-**

hirap saming d-dalawa?"

"**Parang hindi mo sya kilala.**" Sabi nya at tumawa ng mapait. "**...muka lang syang bato pero mamon ang loob non.**"

Bahagya akong napatawa pero hindi sapat yon para patigilin ang luha ko. Sumiksik pa ko sa dibdib nya.

"**Jay...**" Tawag nya sakin. "**...luha mo lang pupunasan ko ah? Hindi kasama sipon.**"

Ay putik!!

Agad akong lumayo at bumitaw sa pagkakayakap nya. Kagaya nga ng inaasahan ko, basa na ang puting polo nya dahil sakin.

Huminga ako ng malalim habang pinupunasan ang mga luha ko. "**Sorry.**"

Ngumiti sya. "**Okay lang. Damit lang yan.**"

Lumapit sya sakin at hinawakan ang kamay ko. Malungkot ang mga mata kahit nakangiti sya.

"**Nakapag-usap ba kayo?**"

Umiling ako. "**Natakot akong magpakita sa kanya.**"

Murahin mo ba naman.

"**Bakit?**"

"**Baka kasi hindi ako nakapag-pigil. Masuntok ko sya. Ganda pa naman ng ayos nya.**"

Narinig ko ang mahina nyang pagtawa. Hinatak nya ko at kinulong ulit sa mahigpit nyang yakap.

Pero may kakaiba sa yakap nya. Parang puno ng takot at pangamba. Alam kong ako ang dahilan non. Hindi ako manhid. Ramdam ko sa bawat pag-aalaga nya sakin, ramdam ko lahat na binibigay nya ang makakaya nya.

Pinili ko lang hindi magsalita. Ayoko kasing mawala yung natitira samin ni Yuri. Masaya ako sa kung anong meron kami. Hindi sya nanghihingi ng kapalit o sukli sa lahat ng effort na ginagawa nya.

Wala pamimilit hindi kagaya dati. Walang pwersahan na dapat ganito na dapat ganun. Mas komportable ako ng ganito kami.

Si Yuri ang comfort zone ko.

"Alam nyo bang bawal ang PDA dito?" Boses ni Aries.

Sabay kaming naglayo ni Yuri at napatingin sa kanya. Salubong ang mga kilay habang naka-cross arm.

"Saan ka galing?" Tanong nya.

"S-sa Fer Corp."

Mabilis na nagbago ang expression nya pero binago din nya agad.

"Nagkita kayo?" Mahinahon nyang tanong.

Mabilis kong nakuha ang ibig nyang sabihin. Alam din pala nya na darating ugok na yon. Eto na naman yung kakaibang pakiramdam ko. Yung pakiramdam na pinagkaisahan na naman ako.

Tipid na tango lang ang sinagot ko sa kanya.

"Anung sabi nya sayo?"

Minabuti kong hindi na sagutin pa ang tanong nya.

"Aries... Mamaya nalang siguro tayo mag-usap. Babalik na kami sa klase."

Hindi ko na hinantay ang sasabihin nya. Nagpa-una na kong naglakad papuntang auditorium. Hindi nagtagal naramdaman ko ang pagsunod ni Yuri.

Malapit na kami sa mga Ulupong ng hawakan nya ang braso ko at pahintuin ako.

"Jay... Anung problema?"

Hinarapan ko sya at tinignan sa mga mata. "**Alam mo din ba?**"

Nagtaka sya nung una pero mukang nakuha din nya agad. Binitawan nya ang braso ko.

"**Alam mo din ba?**" Pag-uulit ko. "**...alam mo din ba na darating sya?**"

Mabilis syang nag-iwas ng tingin. Dun palang alam ko na ang sagot sa tanong ko.

Alam nya. Alam na alam nya!

Ayokong magalit sa kanya, pero hindi ko maiwasan na hindi damdamin ang ginawa nila. Naglakad ako ulit palapit sa mga Ulupong.

Wala akong makitang teacher. Mukang hindi na naman sila nagpakita ngayon para mag-turo.

Nakita ako ni Ci at agad nya kong sinalubong.

"**Jay... Anu nangyari? Saan ka dinala nung Honey?**"

Sa halip na sagutin sya. Tinignan ko sya ng seryoso sa mga mata.

"**Alam mo din ba?**"

Taka nya kong tinignan. "**Ang alin?**"

"**Na darating sya?**"

Nangunot ang noo nya sa pagtataka. Hindi nya makuha ang ibig kong sabihin.

"**Sinong darating?**"

Mukang wala syang alam. Napabuntong hininga ako.

"**Dumating si Keifer.**" Halos pabulong kong sabi.

Bakas ang gulat sa itsura nya. Taranta nyang kinuha ang cellphone sa bulsa at nagbukas ng message.

"**Bakit ganon? Wala naman syang message sakin simula kahapon.**" Sabi nya at pinakita sakin ang mga messages sa Inbox nya.

Mukang sinadya nyang hindi sabihin kay Ci-N.

"**Hayaan mo na. Hindi rin naman kami nakapag-usap.**" Walang gana ko sabi at naglakad palapit kila Kit.

Nakahiwalay pa rin sila pero kasama na nila si Eren at Josh. Naupo ako sa tabi ni Kit na bagsak ang balikat.

Malalim ang naging buntong hininga ko na umagaw sa atensyon ng apat.

"**Uy. Anu nangyari? Saan ka dinala ni Honey?**" Tanong ni Eren.

Nakita kong palapit ang ibang Ulupong samin para pakinggan ang isasagot ko. Maliban kay Drew at Yuri na piniling pagmasdan kami mula sa hindi kalayuan.

"**K-kila Felix. Hinanap namin si Percy.**"

Taka naman tumingin samin si Felix. "**Anung meron kay Kuya? Bakit nyo hinanap?**"

Sya naman ang tinignan ko na puno ng pagtataka. Wala ba syang ka-alam-alam sa pagitan ng dalawa?

"**Mali ang tanong mo. Dapat *anong meron sa inyo ni Honey?*.**"

"**Samin?**" Tanong nya sabay turo sa sarili. "**...w-wala. Iniinis ko lang sya dati na *Manang*. Tapos pagbalik nya galing US, sinungitan na nya ko. Nagbago na rin itsura nya sa ganyan.**"

Napataas ang isang kilay ko. "**Hindi yun ang sinabi nya sakin.**"

Sabay-sabay na tumingin ang mga Ulupong sa kanya. Sabay-sabay din silang sumigaw ng *Ayyiieeehhhh!!*

"*Haha... May something to!*"

"*Anong kababalaghan ang naganap sa inyo?*"

"*Ano na? Ano na? Magsabi ka na!*"

Agad na nailang si Felix at pilit lumalayo sa mga nang-aasar sa kanya. Mukang malapit-lapit na rin syang mapikon.

"Wala nga! Ano ba!" Inis na sabi nya.

Aasarin pa sana sya g mga luko kundi lang sya umali at lamayo samin. Tumalikod din sya para hindi namin makita ang reaksyon nya.

Kita'ng-kita naman na namumula ang tenga nya.

"Jay..." Nag-aalalang tawag sakin ni Ci-N. **"...okay ka lang ba?"**

Nag-nod ako sa kanya. **"Masama lang loob ko kasi hindi ko sya naka-usap."**

"Sino?" Tanong ni Denzel. **"...Sinong hindi mo naka-usap?"**

Tinignan ako ni Ci na parang naghihingi ng permiso. Tipid na tango ang binigay ko sa kanya. Hindi ko alam kung umaarte lang ba sila na walang alam o sadyang hindi talaga nila alam.

"Si Keifer. Bumalik na sya." Sabi ni Ci-N.

Sari-sari ang naging reaksyon nila.

"*Bakit hindi sya nagpapakita satin?*"

"*Eh asan na sya?*"

"*May alam ba sya sa nangyayari dito?*"

"Wala na! Iniwan na tayo sa ere ni Keifer!" Inis na sabi ni Blaster dahilan para mapatingin kami sa kanya.

"Ano bang sinasabi mo?" Si Eman.

"Hindi nyo ba nahahalata? Sinadya nyang umalis kung kelan nagkakanda-letse-letse na tayo!" Sabi nya at nagtinginan ang

ibang Ulupong. "**...kung tutuusin sya may kasalanan ng lahat! Sya dahilan kung bakit galit satin si Jay-jay tapos ano ginawa nya? Umalis sya!**"

"**Tama si Blaster!**" Gatong ni Drew. "**...Tayo ang nagpapakahirap na humingi ng tawad kay Jay-jay! Samantalang sya ang nagsimula ng lahat!**"

"**Tumigil na nga kayo!**" Suway ni Rory.

"**Totoo yung sinabi nila!**" Pakikisali ni Mayo.

Agad syang pinigilan ni Kit. "**Wag ka na makisali sa kanila!**"

Tinignan lang nya to at bumalik sa pagsasalita. "**Karamihan satin sinunod lang naman ang sinabi nya! Tapos tayo ang nagbayad ng lahat! Eh si Keifer? Asan sya?! Nasa ibang bansa at nagpapaka—!**"

"**STOP!**" Sigaw ni Yuri na nagpatigil sa kanya. "**...Don't you dare say a thing against him!**"

Salubong ang mga kilay nya. Parang galit na galit sa mga sinabi nila Mayo, Drew at Denzel.

"**Wag na tayo mag-plastikan dito! Galit ka sa kanya diba? Karibal mo sya!**" Sumbat ni Drew dahilan para kwelyuhan nya to.

Akala namin magsusuntukan sila kaya naalarma kami. Tinignan ni Yuri si Drew sa mga mata.

"**Yes! We are rivals, but don't forget that he's also my friend! Hindi mo alam ang kinakaharap nya ngayon kaya wag kang mag-sasalita na parang sya ang masama!**" Galit na sabi nya bago pabatong binitawan si Drew.

Tinignan nya ko sandali at pilit huminahon. Tumalikod sya samin at naglakad na paalis. Naiwan kaming nakatingin lang sa kanya.

Saming lahat, si Yuri lang ang nakaka-alam ng totoong kinakaharap ni Keifer ngayon. Kahit may hindi pagkaka-intindihan, kaibigan parin ang tingin nya dito.

Sana kaya ko ring gawin yang ginagawa mo.

Gusto kong isipin na sa kabila ng mga nangyari kaibigan ko pa rin sila. Pero natatakot ako na baka hindi pala ganon ang tingin nila sakin.

Pinagmasdan ko silang lahat. Sama-sama kami sa maraming bagay, umiyak ako sa harap nila at ganon din sila sakin. Magkakasama kami sa mga problema at saya.

Nasira lang naman yun ng magsinungaling sila sakin. May punto naman sila Blaster at Drew. Ayokong isipin na tama sila dahil lahat kami may mali.

Mali ako dahil tinitiis ko sila kahit hindi naman dapat. Ilang buwan na yung nakalipas ng magka-labasan ng totoo. Sapat naman siguro yung paghihirap nila sakin.

Baka pwede ko na silang patawarin.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter: @lareypot
Instagram: @lareypot
Author's FB Page: Lara Flores - eatmore2behappy

Cover IV

Happy 8k Members sa aming official FB page.

Tropa ni Eatmore2behappy.

Maraming salamat sa mga book cover/ wallpaper/memes atbp. Maraming salamat sa inyong patuloy na suporta. Maraming maraming salamat.

Thank you sa cover na ito. @Munayxzs27

ANG
MUTYA
NG
SECTION-E
Dark Side
EatMoreToBeHappy


Eat More & Be Happy
ANG MUTYA NG
SECTION E
(Dark Side)
Instocks2014

EatMoreToBeHappy
Ang Mutya Ng
SECTION-E
Dark Side

Thank you sa book cover na ito. Jaynee_icyGirl

Ang Mutya Ng Section E



Maraming salamat sa mga book cover na ito. @Abry_slvn

ANG MUTYA NG
SECTION E
•eatmoretobehappy•


Ang mutya ng
Section E
•eatmoretobehappy•



Thank you dito. JairaDemesa8 JairadeMesa


ANG
MUTYA
NG
SECTION
E
eatmore2behappy

(the dark side)
Ang
Mutya
Ng
Section
E
eatmore&behappy


Ang Mutya
Ng Section
E
eatmore2behappy


eatmore2behappy
AMNSE
(the dark side)

ETMORE2BEHAPPY
ANG
MUTYANG
SECTION E

ANG
Ng Mutya
Section E
the dark side
eatmore2behappy

Salamat din dito @Daniela_Tolentino8

Ang mutya ng Section E
darkside
By:eatmore2behappy

Thank you sa mga cover na ito. yamessang



To be continued...

Chapter 255

A/N: Belated Happy Birthday!

🎂April Dawn de Gusman
From: Jen

🎂 AshleySethBaguio

Shout out kay 30_DARKKNIGHT_30
IamGlaizaCarzon & ILoveHHZ

🚩🚩🚩🚩
Stories that you guys can checkout.

I Forgot my Boyfriend
By: 30_DARKKNIGHT_30

If I were the President
By: Cheifadmiral_2

The Nerd
By: Polywannn

I Love The Way you Lie
By: YourGergeousBuddy

Usual Story But Unusual To Reality
By: yahnxzs2813

That Probinsyana is the Lost Princess
By: jackeng_saranghae

🚩🚩🚩🚩

Forgive & Forget

Jay-jay's POV

Magdamag kong inisip ang mga Ulupong at si Keifer. Magdamag na

umabot sa puntong 4am na ko natulog. Kaya ang resulta? Bangag ako!

Young damn and brokkkeee...

Pumipiyok pa ko nyan habang kumakanta.

"**Jay...Kumain ka na. Baka malate pa kayo nyan.**" Sabi ni Tita Gema.

Nakanga-nga lang ako habang pipikit-pikit ang mata. Sa sobrang bangag ko akala ko imagination ko lang yung may tumatawa sa harapan ko. Nang subukan kong tignan yon, nanlaki ang mata ko ng maramdaman na may tinapay sa bibig ko.

"**Sino naglagay nito?**" Tanong ko sabay nguya.

Sayang eh! Nasa bibig ko na.

Nagtatawanan sila Kuya Angelo at Aries. Tinignan ko naman sila pareho ng masama.

"**Wag kasing nagpupuyat. Para hindi napagti-tripan sa lamesa.**" Parinig ni Kuya.

Ginusto ko bang magpuyat? Inisip ko lang naman kung anong pwedeng gawin sa mga Ulupong. At iniisip ko din yung dimunyong Hari nila.

Kumain nalang ako at hindi na nagsalita. Baka nga malate kami, patapos na ring kumain si Aries kaya lalo kong binilisan. Hindi ko na nginunguya, lunok nalang kung kailangan.

Pagtayo ni Aries, tumayo na rin ako. Pero hindi pa man ako nakaka-alis sa harap ng hapag ng tawagin ako ni Kuya. Hinarap ko sya.

"**Bakit?**" Tanong ko.

Tinignan nya ko ng kakaiba. Para bang inoobserbahan ako at parang meron syang gustong sabihin na hindi ko maintindihan.

"**Wala, mag-ingat ka.**" Sabi nya at bumalik sa ginagawa.

Whut?!

Kahit nakakapag-taka pinili ko nalang hindi pansinin yun at pumunta sa kwarto ko para maligo. Kulang din yata sa tulog si Kuya.

Bago ako tuluyang makapasok sa banyo. Narinig ko ang pagtunog ng cellphone ko. Meron akong text. Kunuha ko yon na nasa ibabaw lang ng kama ko.

Karaniwang message lang ang nakita ko. Galing kay Yuri at galing sa GagongBaliw. Binati lang ako '*Good Morning*' ng Presidente ng Shunga Lovers Club. Pero etong isa....

From: *GagongBaliw*
Message: *I am loving you more each day!*

Napangiwi ako. Sabog na naman kaya sya. Baka wala ring tulog, kagaya ko. Pinili ko nalang hindi sya replayan.

Nitong mga nakaraan, kahit ilang beses syang magtext hindi ko sya nirereplyan. Wala kasi akong load-*charot!* Wala lang talaga akong gana replayan sya. Iniisip ko pa rin kasi kung panu malalaman kung sino talaga sya.

Malaman ko lang kung sino sya, babatuhin ko sya ng sapatos sa muka.

Nagpatuloy na ko sa pag-ligo. Binilisan ko talaga dahil nararamdaman ko na ang awra ng horoscope. Dala nya ang aking kapalaran.

Hindi naman ako nagkamali, dahil habang nagbibihis ako naririnig ko ang pangalan ko na isinisigaw mula sa labas ng pinto.

"**Kaunting bilis! Jay! Ang bagal bagal mo!**"

"**SANDALI!**" sigaw ko.

Palibhasa kasi lalaki. Kaunti lang ang preparasyon nya bago pumasok. Feeling ko nga isang buhos lang ng tubig yang si Aries

tapos lalabas na ng banyo. Baka wisik-wisik nalang ng pabango para hindi halata.

Sa kakamadali ko huli ko na napansin na magkaiba ang kulay medyas ko. Hindi ko na pinalitan dahil matatagal pa ko sa paghahanap ng kapares. Hindi naman siguro halata.

Lumabas na ko ng kwarto at halos patakbong dumiretso papuntang sala. Andun naman si Aries na parang merong hinahanap sa bulsa nya.

"**Tara na!**" Aya ko.

"**Teka naman!**" Inis na sabi nya. "**...madali ng madali.**"

Ay wow!

Nakakahiya naman. Hindi pala dapat sya minamadali. Pero kapag ako okay lang na madaliin. Nakakahiya talaga!

"**Found it.**" Sabi nya habang hawak ang cellphone. "**...tara na! Ang bagal mo!**"

A baka matindi! Naduro ko nalang sya habang nakasunod sa kanya. Ayoko namang makipag-talo sa kanya at baka malasin ang araw ko.

Tandaan sya ang Horoscope at hawak nya ang kapalaran ko for today. Sana naman magbigay sya ng payo tungkol sa mga pino-problema ko.

Tahimik akong sumakay sa kotse nya at ganun din sya. Balak ko pa sanang umumit ng tulog kung hindi lang maingay ang mga busina ng sasakyan na kasabay namin sa kalsada.

Oo na! Kayo na may kotseng may busina!

Parang ngayon ako nagsisi na inisip ko pa ang hudlong na yon. Bakit kasi kailangan akong mahirapan ng ganito? Bakit kailangan mo kong pahirapan? Ulupong ka! ULUPONG!

Pero kahit papano meron naman akong napala sa pagpupuyat ko. Bukod sa eyebags ko'ng may eyebags din, napagdesisyunan kong

maging KPop Idol-*charot!* Hirap ng bangag, pengeng TULOG!

Napagdesisyunan kong patawarin na ang mga Ulupong. Yes! Patatawarin ko na sila. Tama na ang pabebe days, hindi na sila uso. It's time to forgive and forget.

Alam kong may ilang buwan pa lang ng magka-alaman na ng totoo pero tingin ko sapat na yung ilang araw na ipadama ko sa kanila ang sakit ng ginawa nila. Alam ko namang nagsisisi na sila kahit hindi halata sa iba sa kanila.

What should I expect? They're Ulupongs.

Hirap talaga ng walang tulog! Napapa-english nalang kahit hindi kailangan.

Hindi nagtagal at nakarating na kami sa school. Pagparada ng kotse, bababa na sana ako ng mapansin kong may hinahanap na naman ang kapatid ko.

"**Bakit? Ano yon?**" Tanong ko.

"**Nakita mo ba kung saan ko binaba ang cellphone ko?**"

Kanina pa yang cellphone na yan.

"**Hindi. Baka nalaglag sa ilalim.**" Sabi ko sabay turo sa ilalim ng upuan nya.

Sinubukan nyang kapain ang ilalim ng upuan nya. Ilang sandali pa ng itaas nya ang kamay nya ay kasama na ang cellphone nya.

"**Burara ka kasi!**" Inis na sabi ko bago bumaba.

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nya dahil alam kong babawi sya. Hindi ko na sya binigyan ng pagkakataon. Baka mamaya bigla nya kong isumpa. Hindi ako pwedeng malasin ngayong araw.

Jusme! Hindi pwede. Maganda ang plano ko today!

Habang naglalakad nakita ko si Yuri sa hindi kalayuan. Patakbo akong lumapit sa kanya at inakbayan sya. Nagulat sya nung una

pero napangiti sya ng makita ako.

"**Good morning.**" Bati ko sa kanya sabay ngiti.

"**Good morning din. Looks like someone is having a good mood today.**" Nakangiti'ng bati din nya. "**...care to tell me why?**"

Umalis ako sa pagkaka-akbay sa kanya at naglakad kasabay nya. Hawak ang strap ng bagpack ko, buong galak akong ngumiti sa kanya.

"**Kasi.....ready na kong patawarin ang mga Ulupong.**" Sagot ko sa kanya.

Napahinto sya at napatitig sakin bago muling ngumiti ng malapad. "**Your saying that.....*shit!* This is a good news. Matutuwa sila kapag nalaman yan!**"

Akmang tatakbo na sya papunta sa auditorium ng pigilan ko sya. Mahigpit ang naging hawak sa braso nya na pinagtaka nya.

"**B-bakit?**" Tanong nya.

"**Teka lang! Wag ka atat!**" Sabi ko bago sya bitawan. "**...kelangan ko muna kumuha ng tyempo bago sabihin sa kanila.**"

Tumango-tango naman sya. "**Okay. May plano ka naman siguro diba?**"

Tinaas ko ang isang daliri ko para sana sabayan ang pagsagot ko ng malutong na '*Oo*'. Pero naurong yon ng meron akong mapagtanto.

Ano nga ba ang plano ko?

Anak ng matsing! Sa sobrang bangang ko, wala na. Pati plano nawala sa isip ko. *Kengene nemen eh!* Kanda puyat ako sa pag-iisip ng plano tapos ganon.

Pilit akong ngumiti sa kanya. "**Meron.... siguro?**"

Mabilis syang nagtaka sa sinagot ko. "**Seryoso Jay.**"

"Basta! Mahirap explain! Meron talaga kayalang bangag ako today. Wala tulog kaya kalat ang isip ko."

Nag-nod naman sya bilang pagtanggap sa sagot ko. Sabay kaming naglakad papunta ng auditorium kung saan ang classroom namin. Hayzt!

Kelan kaya kami makakalayas dito?

"Hello Jay!" Bati sakin ni Ci.

Pansin ko na okay na sya at parang bumabalik na din sa dati. Hindi na siguro nya masyado iniisip ang nangyari sa pinsan nya. O baka pinili nalang nyang sarilinin ang nararamdaman nya.

Minsan kakausapin ko sya tungkol don. Mahirap din kasi na walang napagsasabihan ng sakit. Base sa experience ko syempre!

"Kamusta?" Tanong ko habang palapit.

Napatingin ako kila Kit at Mayo. Kasama pa rin nila si Eren at Josh. Pero sa pagkakataon na to kasama na din nila ang ibang Ulupong kagaya ni Rory at Edrix.

Nakukwentuhan sila na parang dati lang. Magandang senyales yon na nagiging okay na sila sa sitwasyon ni Kit at Mayo. Pero syempre hindi pa rin lahat. Kagaya ni Drew na nakikipag-kwentuhan kay Denzel.

"Jay... Bakit magkaiba medyas mo?" Bungad sakin ni Felix habang nakaturo sa mga paa ko.

Akala ko hindi halata.

Pinagtinginan naman ng ibang Ulupong na malapit samin ang medyas ko.

"Baka inaantok pa sya." Sabi ni David at bahagyang natawa.

"Nakapikit habang naghahanap ng medyas." Gatong ni Ci-N.

Napasibangot naman ako sa kanila. Ang lakas talaga mang-asar ng

mga to. Sarap hambalusin ng sapatos sa pagmumuka. Papakain ko sa kanila medyas ko mamaya.

Nakita ko si Yuri na nakangiti sakin. Kakaiba yung ngiti nya na parang nagsasabi ng '*may alam ako*'. Napairap nalang ako sa kanya.

Hindi ko alam kung pano kukuha ng tyempo para masabi yung gusto kong sabihin. Pero alam kong hindi ngayon yon lalo na't tanaw ko na si Sir Alvin na palapit samin.

Kanya-kanya na kami ng pwesto. Hindi ko mapigilan ang sarili ko na hindi sila tignan lahat. Para din akong kinikiliti sa tyan dahil sa excitement.

Egzoyted na me!

Tingin ko naman kumpleto silang lahat. Syempre except dun sa pesteng Hari nila. *Haizt!* Bwisit kang lalaki ka! Sasapakin kita kapag nagkita tayo ulit. Hindi na ko matatakot ulit ng ganun. Akala mo! Bubunutin ko buhok sa ilong mo!

"**Mariano?**" Biglang tawag sakin ni Sir Alvin.

Whut?!

"**Buhok sa ilong Sir.**" Wala sa sariling sagot ko.

Malakas ang naging tawanan ng mga Ulupong. Syempre pinangungunahan nung mga malakas mang-asar. Pati si Sir malakas din ang naging tawa habang mapapailing.

"**Attendance palang.**" Sabi ni Yuri.

Napakamot nalang ako sa ulo. Badtrip! Malay ko ba! May iniisip kaya kasi ako. Istorbo ka Sir.

"**Mercado.**" Sunod na tawag ni Sir.

Mabilis namang sumagot si Drew. "**Buhok sa ilong!**"

Ay Gago! Ayan na naman sila!

"Peñaflor!"

"Buhok sa ilong!"

Trabaho nitong mga to! Pinalitan nila yung *present* ng *buhok sa ilong*. Talipandas talaga silang lahat!

"Peralta!"

"Maraming buhok sa ilong!"

Panay pa ang tawanan ng mga Ulupong tuwing my sasagot ng ganun. Napapayuko nalang ako habang nakanguso. Bwisit eh!

"Ramos!"

"Buhok sa ilong!"

Napansin ko si Yuri na panay ang tawa sa tabi ko. Malapit-lapit ko na syang masikmuraan kung hindi sya titigil.

"Venites!"

"Buhok sa ilong!"

Hindi ko alam kung maiiyak ba ko o ano. Hindi ko na kaya tong pang-aasar nila sakin.

Bwisit kayo!

"AaaAaaAyyyy... Tigilan nyo na yan!" Sabi ko habang parang maiiyak na.

Nagtawanan na naman sila at parang natutuwa pa na naiinis ako sa ginagawa nila.

Natapos ang attendance at nagsimulang magturo si Sir Alvin. Nasa kanya ang atensyon ko ngayon at baka bigla na naman nya kong tawagin kung ano na ang masabi ko.

Baka buhok na sa kung saan ang masabi.

Natapos ang klase namin kay Sir ng maisipan kong simulan ang

balak ko. Wala talaga akong matinong plano kung panu ko sisimulang sabihin sa kanila na pinapatawad ko na sila.

Tumayo ako mula sa pwesto ko at naglakad-lakad na parang nanga-ngampanya. Pinaglalaruan ko pa ang kamay ko sa hasiwas nito sa bawat hakbang ko.

Hind ko namalayan na papatayo pala si Josh mula sa pwesto nya. Saktong pag-itsa naman ng kamay ko kaya tumama sa muka nya.

"**Aray!**" Sigaw nya at napa-upo ulit.

"**Sorry, sorry! Hindi kita napansin!**" Tarantang sabi ko habang hinahawakan ang parte ng muka nya na tinamaan.

"**Hala! Sinapak ni Jay si Josh!**" Sabi ni Eren na parang nanakot.

"**Hindi ko sadya! Hindi ko naman alam na tatayo sya!**" Paliwanag ko.

"**Sinadya mo yon. Nakita ko.**" Pang-aasar ni Felix kaya agad ko syang tinibgnan ng masama.

"**May galit kasi yan kay Josh.**" Gatong ni Blaster.

Laking tulong nyo dyan.

Napasapo nalang ako sa noo ko. Ang hirap talagang kausap ng mga Ulupong na to. Sa halip na tulungan ako lalo lang pinalalala yung sitwasyon.

"**Okay lang ako Jay.**" Sabi ni Josh habang tumatayo. "**...mag-ingat ka nalang sa susunod.**"

Tumalikod sya sakin at naglakad na paalis. Napilitan akong bumalik sa pwesto ko at naupo habang yakap ang dalawang tuhod.

Kainis! Kainis! KAINIS!

Pano ko ba kasi dapat gawin to? Isigaw ko nalang kaya?

Tumayo ulit ako mula sa pwesto ko.

"**HOY! MGA ULUPONG!**" Sigaw ko habang nakahawak pa sa baywang.

Lumingon naman ang mga luko sakin at taka akong tinignan.

"**Bakit?**" Inosenteng tanong ng Batang Kumag.

Bigla nalang akong nailang sa pagkakatingin nila sakin. Umurong ang dila ko at parang nawala sa isip ko ang sasabihin ko.

Ano nga ba sasabihin ko?

"**M-maganda ang p-panahon ngayon no?**" Sabi ko habang nagkakamot ng batok.

Taka pa rin silang nakatingin sakin at napapakurap-kurap nalang. Bigla nalang tumayo si Ci-N habang nakangiti ng malawak.

"Maganda talaga ang panahon pero mas maganda tong parating!" Sabi nya at tumakbo.

Nabunggo pa nya ko. Tinignan ko kung sino ang tinakbo nya at nakita kong palapit si Rakki habang may dalang isang damakmak na papel sa kamay.

Huminto si Ci-N hindi kalayuan sa kinatatayuan ko. Tinaas nya ang dalawang kamay na animong sumasalubong ng yakap.

Kita'ng-kita ko ang pag-ngiwi ni Rakki at pag-iwas sa kanya na para syang may sakit. Dumiretso sya palapit samin at nginitian ako.

"**Kamusta?**" Bati nya sakin paglapit nya.

"**Ayos lang, ikaw?**"

"Ayos lang din... Meron akong good news para sa inyo." Sabi nya na umagaw sa atensyon ng lahat.

"*Ano yun?*"

"*Libreng pagkain ba?*"

"*May mamimigay ng pera?*"

Pakiki-usyoso ng mga Ulupong habang palapit samin. Muntik pa kong matumba dahil sa biglang pagdamba nila.

"**Baka pwedeng lumayo muna kayo.**" Iritang sabi ni Rakki.

"**Sabihin mo na kasi yung good news.**" Utos ni David.

Nakasimangot si Rakki na inayos ang mga papel na hawak. Habang busy sya sa ginagawa, napansin ko si Ci-N na nakataas pa rin ang kamay at nakangiti.

Kelan kaya manga-ngawit to?

"**Baba mo na yan. Baka mangamoy.**" Sabi ni Rory sa kanya.

Pero hindi naman sya nakinig. Hinayaan nalang namin at sayang lang ang laway namin sa kanya.

"**Eto...**" Sabi ni Rakki at pinakita samin ang isang papel na puro pirma.

Babasahin ko sana pero papansin tong mga Ulupong na to. Siniksik nila ko at halos masubsob na ang muka ko kay Rakki.

"*Patingin! Patingin!*"

"*Pabasa nga! Hindi ko makita!*"

"*Wag ka nga! Hindi ka naman marunong magbasa!*"

"*Ano ba yan? Titolo ng lupa?*"

"**Aray ko naman!**" Reklamo ko sa kanila.

Mukang nainis na rin si Rakki sa kanila. Binawi nya ang papel at tinignan ng masama ang mga luko.

"**Ang gulo-gulo nyo!**" inis na sabi nya. "**...Isa tong Permit na binaba ng Board members at Principal.**"

"**Permit? Saan?**" Tanong ko.

"**Permit yan para ipagamit sa inyo ang isa sa bakanteng room**

sa main building." Paliwanag nya. "**...kaya kuhanin nyo na mga gamit nyo at lilipat na kayo.**"

"**YOOOONNN!**" Malakas na sigaw ng mga ugok.

Pakiramdam ko nabasag ang eardrum ko sa lakas ng sigaw nila. Pati si Rakki napahawak din sa tenga nya.

Kanya-kanya na sila ng kuha ng gamit. At dahil hindi gumagalaw si Ci-N mula sa kinatatayuan ako na ang kumuha ng gamit nya. Sakto ding dating ni Josh kaya napaliwanag agad sa kanya ang kaganapan.

"**Ano Ci? Ganyan ka nalang?**" Tanong sa kanya ni Rakki.

"**Yakapin mo ko.**" Nakangusong sabi nya.

Nagtinginan kami ni Rakki na parang nagka-pareho kami ng iniisip tungkol sa Batang Kumag.

Wala na naman sya sa sarili.

"**Asa ka namang yakapin kita.**" Sagot nya at naglakad na paalis.

Pilit kong binaba ang dalawang kamay ni Ci at inabot sa kanya ang bag nya.

"**Tara na... Mamaya ka na manghingi ng yakap.**" Sabi ko sabay hatak sa kanya.

Sinundan namin si Rakki papuntang Main building. May mga nasasalubong kaming tumitingin samin at nagtataka pero hindi naman namin sila pinapansin.

"**May matinong classroom na rin tayong gagamitin.**" Sabi ni Denzel.

Trulaley...

Ang hirap kayang maupo sa sahig tapos binti yung gagamitin naming lamesa para pagpatungan ng notebook na susulatan. Nakakangawit tapos nakakamanhid din ng binti.

Sa fourth floor ng main building kami dinala ni Rakki. Sa dulong bahagi ng pasilyo kami nagtungo at huminto sa harap ng isang pinto.

Parang mga kinikiliti sa tumbong ang mga ugok na Ulupong na to. Panay kasi ang ngiti at ang likot-likot nila halatang excited.

Sino bang hindi?

Oo na! Kahit ako excited din. Syempreng bagong kwarto at matinong mga gamit. Tagal din naming nagtiis sa mga pinaglumaan lamesa dun sa orihinal na kwarto namin.

Medyo nakaka-miss nga lang. Kahit luma yung mga yon, na-witness lahat ng nangyayari samin sa room. Mapa-away man yan o tawanan.

"**Ready na ba kayo?**" Tanong ni Rakki.

Sasagot na sana kaming lahat ng biglang sumigaw ng malakas si Ci-N.

"**READY NA KONG MAHALIN KA NG LUBOS!**" Sigaw at ngumiti ng malapad.

Napangiwi ako. Ngayon talagang alam kong okay na sya. Okay na okay na sya. Nakakapagsabi na ng mga kalokohan.

Hay.... Ang Batang Kumag, bow!

"**Kuwari nalang hindi natin yon narinig.**" Sabi ni Edrix at sabay-sabay naman kaming nag-nod.

Binalik namin ang atensyon kay Rakki na halatang kunsumeng-kunsume kay Ci. I feel yah! Napailing nalang sya bago hawakan ang doorknob ng pinto at pihitin yon.

Pagbukas ng pinto ang liwanag mula sa naglalakihang bintana ang unang umagaw sa atensyon ko. Parang ang lapit sa araw ng classroom namin.

Nasisilaw ako! Aaargghhh...

"**Kamusta?**" Tanong ng kung sino.

Nang tignan ko yon, nakita ko si Mica na may hawak na walis tambo at basahan. Katabi nya si Ella na may hawak na garbage bag.

"**Baby!**" Tawag ni Calix sabay lapit sa girlfriend nya. "**...bakit nandito ka? Bakit hawak mo yan? Madudumihan ang kamay mo.**"

Pumasok na rin kami sa loob para tignan ang paligid. Mga bago talaga ang mga gamit. Air-conditioned din ang buong kwarto. Kamuka din to ng silid ng Section A, except sa may flat screen tv sila sa room nila.

"**Ayos lang.**" Sagot ni Mica kay Calix. "**...nilinis namin yung room para sa inyo.**"

"**Hindi nyo na dapat ginawa yon, nakakahiya.**" Singit ko sa kanila.

"**A simple thank you will do.**" Sabi ni Ella sakin habang naka-cross arm.

Wew...

"**S-salamat.**" Sagot ko sabay iwas ng tingin.

Tinignan ko yung mga Ulupong. Kanya-kanya na sila ng hanap ng pu-pwestuhan. Si Calix naman nakipag-lampungan na sa gf nya na parang 10 years silang hindi nagkita.

Samantalang hinahatid naman nya yun tuwing umaga. Ang tibay din ng dalawa na to. Buti nalang okay na sila, akala ko talaga magkakahiwalay sila ng dahil sakin.

Hinarap ko ulit si Rakki at Ella para mag-pasalamat. Nakita ko namang nakangiti ang dalawa habang pinapanood ang mga lapastanga'ng Ulupong na to.

"**Pag-pasensyahan nyo na yang mga yan.**" Sabi ko habang napapakamot sa batok. "**...thank you pala sa pagpapahiram samin ng classroom.**"

Nagtinginan sila sandali bago ako sagutin.

"**Wag ka sakin magpa-salamat. Naglinis lang kami ni Mica dito.**" Sabi ni Ella.

Tinignan ko si Rakki pero agad syang umiling. "**Wag sakin. Naghatid lang ako ng balita.**"

Eh kanino?

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter: @lareypot
Instagram: @lareypot
Author's FB Page: Lara Flores - eatmore2behappy

Chapter 256

A/N: Anung meron sa muka ko? Bakit ginagmit nyong subject sa mga artwork nyo? 😂😂😂😂😂

Check out this FB page.
Jessa13/riksu-chan artworks.

Suportahan natin sya!!

🎂Happy Birthday kay Carms
From TeamBalisa

Hi Kei_BTS10

R.Sato

"...Aries?"

Wag nga! Si Aries the Horoscope? Parang hindi totoo. Ang hirap maniwala.

"Sya ang nakipag-usap sa Prinsipal. Sya din ang nagkumbinsi sa mga Board Member." Paliwanag ni Rakki.

Sya talaga?

Na-touch ako. Ang bait talaga ng kapatid ko na yon kahit minsan parang naiiwan ang utak sa kung saan. Labs ko yun!

"Ginawa nya talaga yon?" Hindi makapa-niwalang tanong ko.

"Kung ayaw mo maniwala sya nalang siguro tanungin mo." Sabi ni Ella.

Mas mabuti pa nga siguro para malaman ko din ang dahilan nya. Kinuha ko ang cellphone ko sa bag at nag-type ng message. Habang sinesend ang message nagpa-alam na samin sila Rakki at may klase

pa sila.

Nagpasalamat ako ulit at hindi inalis ang tingin sa kanila hangang sa makaalis sila.

"**Ingat ka Baby!**" Sabi ni Calix na hinatid pa si Mica hangang pinto.

Nakangiwi akong tumingin sa kanya. Sakto namang napatingin din sya sakin. Mabilis na tumaas ang isang kilay nya.

"**Bakit?**" Tanong nya.

"**Landi mo.**" Komento ko at agad na nagsalubong ang kilay nya.

"**Inggit ka lang. Wala ka kasing love life.**"

"**Hindi ako mabubusog sa love life.**"

Bahagya syang ngumiti. "**Pauwiin mo na kasi, ng hindi ka nagkaka-ganyan.**"

Ah ba ka Gago!

Inambaan ko sya agad ng suntok. Mabilis naman syang lumayas sa harapan ko para makaiwas. Dinuro ko nalang sya habang pinapanood syang lumayo sakin.

Tinignan ko yung cellphone ko sa pagbabaka-sakali na nagreply na ang kapalaran—este yung kapatid ko. Pero wala naman akong nakuhang sagot mula sa kanya.

Naghanap nalang ako ng mapu-pwestuhan. Gusto ko sana sa tabi ng bintana pero karamihan sa kanila dun na naka-pwesto.

Hindi man lang ako nakapili!

"**Jay-jay!**" Tawag sakin ni Kit habang kumakaway. "**...Dito ka nalang.**" Sabay turo sa upuan sa tabi nya malapit din sa bintana.

Lalapit na sana ako ng biglang umupo sa don si Mayo. Pareho pa kami ni Kit na napasibangot dahil sa ginawa nya.

"**Umalis ka nga dyan! Si Jay-jay dyan!**" Pagtataboy ni Kit.

"**Ayoko nga!**" Inis na sagot nya tapos ay ngumiti ng matamis. "**…para madalas kitang mayakap.**" Tapos ay biglang niyakap si Kit.

Agad naman syang tinulak na halos ikalaglag nya pa sa upuan. Napailing naman ang ibang Ulupong sa ginawa nya.

"*Kaunting konsiderasyon naman!*"

"*May mga inosenteng isip dito! Wag nyong lasunin!*"

"*Gago! Anong inosente sayo? Kuko sa paa?*"

Napatawa naman kami don kahit sandali. Napilitan akong maghanap ng ibang pu-pwestuhan at mukang hindi na naman ako mawawalay sa dalawang tao na laging kakopyahan ko sa mga quizzes.

Pero madalas ako lang nangongopya.

"**Jay-jay!**" Nakangiting bati sakin ni Ci.

"**Dating gawi.**" Sabi ni David at inayos ang upuan sa tabi nya.

At nakapagitan naman ako sa na kanila. Tatlo na naman kami sa gitna na parang may sariling mundo. Lalo kapag may pagkain akong dala.

Pero hindi ko to itatanggi, namiss ko to!

Halatang masaya ang mga luko. Tinignan ko yung bandang likod kung nasan ang iba. Nakita ko si Yuri sa kapareho nyang pwesto at sa hindi ko maintindihan na dahilan parang nakita ko ang Hari sa tabi nyang bakanteng upuan.

Nawala ang ngiti ko at ibinalik ang paningin sa harap. Napayuko ako kasabay ng pag-uulap ng mga mata ko. Nakakainis!

Pasimple kong pinunasan ang mga mata ko. Ayokong sirain ang kasiyahan namin. Ngayon lang ulit may magandang nangyari sa kabila ng naging gulo samin.

"**Tahimik! Tahimik!**" Sigaw ng kung sino habang humahampas sa lamesa.

Tumingin kami sa bandang likod kung saan nang-gagaling yon. Mukang si Denzel ang gumawa non pero agad ding syang naupo ng tumayo si Yuri.

"**Alam kong lahat kayo na-e-excite at natutuwa sa bago nating classroom. Pero kailangan nating mag-ingat, hindi natin alam baka malaki ang maging kapalit nito.**" Sabi nya habang tumitingin saming lahat.

Dahan-dahan naman akong tumayo para kotrahin sya. "**Hindi naman siguro ganun yun. Si Aries kasi ang naki-usap na ipagamit satin ang kwartong to.**"

"**Pero may punto pa rin si Yuri.**" Singit ni Rory. "**...alam namin na okay na kayo ng kapatid mo pero wag mong kakalimutan na galit sya samin.**"

"*Tama! Tama!*" Pag-sang-ayon ng iba.

"**Hindi namin nakakalimutan ng dahil sa kapatid mo, hindi na kami naka-alis sa dating building.**" Sabi ni Drew.

"**Sya rin ang nag-utos na tambakan ng basura ang building natin.**" Dagdag ni Blaster.

"**Sya rin ang nagpalalim sa usap na bawal ang Section E sa cafeteria.**" Gatong pa ni Eren.

Napataas ang isang kilay ko sa mga pinag-sasabi nila. Alam ko yung sa usap sa cafeteria pero yung unang dalawang bintang nila. Parang ngayon ko lang ata nalaman.

"**Teka nga! Bakit kung ano-anong binibintang nyo sa kapatid ko?**" Inis na sabi ko.

"**Hindi bintang yon. Nangyari lahat ng yon.**" Sabi ni Eman.

Parang umurong ang dila ko. Balak po sanang ipagtanggol ang kapatid ko sa kanila pero wala na kong masabi. Hindi ko naman

kasi alam kung nagsisinungaling sila pero mukang totoo dahil naging kaaway din nila ang Horoscope na yon.

Shet! Ang hirap naman nito.

"**S-siguro nga... Pero alam kong hindi na sya gagawa ng ganun ulit.**" Sabi ko kahit hindi naman talaga ako sigurado.

"**Panu mo nasabi?**" Tanong ni Josh.

"**Dahil sisiguraduhin ko.**"

Nagtinginan sila lahat na parang may assurance na sila dahil sa sinabi ko.

"**May tiwala kami sayo Jay.**" Sabi ni Mayo. "**...kahit wala kang tiwala samin.**"

Ay pota neto!

Napakamot ako sa batok ko. Ayos din kasi ang pasok ng hirit nitong si Mayo. Sarap laslasan ng leeg.

"**Tingin ko merong gustong sabihin si Jay-jay sa inyo.**" Sabi ni Yuri habang nakangiti.

Oo nga pala! Panu ko nga pala sasabihin sa kanila yon?

Lahat sila tumingin sakin para abangan ang sasabihin ko. Napalunok ako. Bigla nalang akong kinabahan kahit hindi naman dapat.

"**A-ano... Kasi... Tingin ko—.**" Napatigil ako dahil sa biglang pagtunog ng cellphone ko.

Agad kong kinuha ang cellphone ko pero bigla namang tumigil. Merong ng-miss called sakin ng tignan ko....*si Aries?* Meron din akong text message mula sa kanya.

From: *Horoscope...*
Message: *Magkita tayo sa labas ng school. Ngayon na!*

"**Ano na yung sasabihin mo?**" Tanong ni Ci-N sakin.

"**Mamaya nalang siguro. Nakikipag-kita si Aries sakin.**" Sabi ko at naglakad na palabas.

Narinig ko pa silang tinatawag ang pangalan ko pero hindi nalang pinansin. Nagmamadali akong bumaba ng hagdan dahil alam kong mainipin ang isang yon. Lagi nalang akong minamadali.

Mainam na rin to para makapag-usap kami agad. Lalu na yung tungkol sa sinasabi ng mga Ulupong. Kailangan ko ding masiguro na maganda ang pakay nya sa ginawa.

May tiwala naman ako sa kanya pero kailangan ko lang talagang maka-usap sya.

Pagkadating sa ground floor tumakbo na ko papuntang gate. Halos ilang hakbang nalang at abot kamay ko na ang destinasyon ko ng may bigla akong mabunggo. Napaupo ako sa sahig.

"**Aray!**" Sigaw ko.

"**AW! Ano ba?! So tanga!**" Maarteng sigaw naman ng nabunggo ko.

Tumayo ako habang pinapagpag ang damit ko. Tinignan ko naman tong karahap ko at parang feel kong bungguin sya ulit. Sa lahat naman ng mabubunggo ko bakit si Freya pa.

"**Ano ba?! Mas may ita-tanga ka pa ba?!**" Sigaw nya sakin habang pinapagpag ang palda nyang nabitin ata sa tela.

"**Sorry naman.**" Sabi ko at akmang lalagpasan na sya pero agad syang humarang sa dadaanan ko.

Anak ng eto na naman sya.

"**Saan ka naman pupunta? Are you planning to ditch your class?**"

Umiling ako. "**Pupuntahan ko si—.**"

"**Jay-jay? Freya?**" Tawag ng pamilyar na boses.

Sabay kaming lumingon sa pinanggalingan non. Si Rakki na palapit samin ang nakita ko.

"**Jay? Bakit andito ka? Mag-start na klase nyo ah.**" Sabi nya.

Tinuro ko yung gate para sabihin na makikipag-kita ako kay Aries pero epal talaga tong Freya na to.

"**Plano nyang mag-cut ng class.**" Maarteng singit nya.

Napa-irap naman ako sa hangin. Ayokong mangunsume ngayon sa kanya, meron akong pupuntahan at kailangan ko na syang harapin. Malakas din ang topak non baka awayin ako kapag pinag-hintay ko sya.

"**Totoo?**" Tanong ni Rakki na may pag-aalala.

Umiling ako. "**Wag ka maniwala dyan. Naalog na utak nyan pagkakabunggo ko sa kanya.**" Nag-nod naman sya bilang pagtanggap sa sagot ko. "**Kailangan ko na umalis. Baka magalit si--**"

"**Hey! You!**" Sigaw ng isang pamilyar na boses.

Anak ng... Ayos!

Hinarap ko ang nakasimangot na palapit na Honey. Huhulaan ko tungkol na naman to kay Percing. Mygudness! Ano ba kasing ginagawa ng lalaking yun sa babaeng to?

"**Oh?**" Bored na sagot ko sa kanya.

"**Where on earth is your fvcking stepbrother?**" Bungad nya paglapit sakin.

Sabi na eh!!

"**I dunno.**" Sagot ko na halatang kinairita nya.

Napatingin ako kay Freya na halos katabi lang nya. Nakataas kasi ang kilay nito habang tinitignan si Honey mula ulo hangang paa. Siguro nagmangha sya dahil may mas malala pa pala sa kanya.

At may kung anong ideya ang pumasok sa isip ko.

"**Baka alam ni Freya kung nasan si Percy.**" Sabi ko sabay nguso kay Freya.

Agad naman akong tinignan ng masama ng bruha. Mabilis din syang hinarap ni Honey. Ayan na! Mukang may sabong. Dun ako sa pula ang lipstick.....*si Freya.* Pink kasi ang labi ni Honey.

"**And who the fvck are you?**" Mataray na tanong ni Honey.

Syempre hindi papatalo tong isa. "**Wrong question. It should be, '*Who the fvcking b!tch are you?*'**" Pagbabalik nya ng tanong kay Honey.

Ayan na! Ayan na! Mag-aaway na sila!

"**Jay... Sino yan?**" Bulong sakin ni Rakki.

"**Sya daw future ni Percy.**" Sagot ko naman.

"**What a b!tch! I don't have time for you.**" Sabi ni Honey at muli na naman ako hinarap. "**Sasama ka sakin.**" Sabay kaladkad sakin.

Pero bago pa man nya ko mailabas ng gate hinarang na kami ni Freya at Rakki. Agad akong hinatak ni Rakki mula sa kanya, samantalang hinarap naman sya ni Freya na puno ng tapang at pagmamaldita.

"**How dare you? Wala kang karapatang mangbatak ng student basta-basta!**" Matapang na sabi ni Freya.

Nilapitan sya ni Honey at halos magdikit na ang mga muka nila. "**Look, I don't give a shit on every word that you're saying.**"

Nag-cross arm na si Freya. "**Guess what? You have to give a shit because you're in my territory and I'm the queen here.**"

Tinignan sya nito mula ulo hangang paa. "**A queen? More like a queen wannabe.**"

Inaasahan ko na magsasabunutan pa sila pero puro matatalim na

tinginan lang ang ginawa nila hangang sa matanaw ko si Mica at Ella na palapit samin.

"**Anung nangyayari dito?**" Tanong ni Ella sabay tingin kay Honey. "**...Honey? What are you doing here?**"

Magkakilala sila? Oo nga pala. Ex nga pala ni kwanan tong si kwanan.

Pinagtaasan naman sya ni Honey ng kilay. Mukang hindi sila vibes. Hindi na ko magtataka, pare-pareho naman silang maldita.

"**Jay-jay...**" Tawag sakin ni Mica. "**...Anong ginagawa mo dito?**"

At dun ko lang biglang naalala. Makikipag-kita nga pala ako sa kapalaran—este sa kapatid ko.

"**Si Aries! Magkikita nga pala kami! Baka magalit yun. Kanina pa nagte-text at tumatawag sakin yun.**" Sabi ko sabay kapa ng cellphone sa bulsa ko.

Pero wala akong maramdamang kahit ano sa bulsa ko. Mukang ako naman ang nawalan ng cellphone.

Hanep yan!

Bigla nalang nagtinginan si Mica at Ella. Para bang merong kataka-takang bagay sa sinabi ko.

"**Panu mangyayari yon? Eh kanina pa nawawala ang cellphone nya.**" Sabi ni Ella.

Ganun nalang ang pagtataka ko. Kung wala sa kanya ang cellphone nya, eh sino yung nagtext sakin?

Baka naman ibang number hindi ko lang napansin. Pero hindi ako pwede magkamali, alam kong number nya yung nagreply sakin.

Pero sino nga—shit!

Agad akong lumingon sa paligid. Malakas ang kutob ko salamat sa sosyaling instinct ni Dabid na mukang nasasagap ko na rin. Charot!

"**Bakit Jay? May problema ba?**" Nag-aalalang tanong ni Mica.

"**P-pwede bang sa loob nalang tayo mag-usap?**" Sagot ko habang patuloy pa rin sa pagtingin sa paligid.

"**No! Kailangan mong sumama sakin.**" Sabi ni Honey at tinangka na naman akong hatakin.

Mabilis na pinigilan ni Rakki ang kamay nya. Agad naman silang nagpalitan ng natalim na tingin.

Ano ba?! Sa loob nalang tayo mag-away-away!

"**Seriously?! What the hell is wrong with you people?**" Inis na sabi ni Honey habang pinandidilatan kami ng mata.

"**Umalis ka nalang kasi.**" Parinig ni Freya.

Agad syang hinarap ni Honey at mukang handa na silang magsabunutan. Agad na gumitna si Ella at Mica para awatin sila. Binitawan naman ako ni Rakki ng mapansin syang magsisimula magsakitan ang dalawa.

Pati ako naki-awat-awat na rin. Sayang akala ko makakapanood na ko ng sabong ng dalawang maldita.

"*Shut your filthy mouth!*"

"*Leave! Your a slut!*"

"*Compare to you, b!tch!*"

"*Tama na yan! Tumigil ka na Freya!*"

"*Pinagtitinginan na tayo! Umayos nga kayo!*"

Dahil sa gulong nangyayari huli ko na napansin na nasa labas na kami ng gate. Hindi ko na din namalayan ang paglapit ng isang itim na Ban sa kinatatayuan samin.

Saktong paglingon ko para tignan yon ay ang pagsaklob nila ng itim na bagay sa ulo ko at paghawak sa dalawang kamay ko.

"**Anak ng! Ano to?! Bitiwan nyo ko!**" Sigaw ko kasabay ng paghatak nila sakin.

Narinig ko ang malakas na pagsigaw nila Ella. Kasunod din non pagmumura nila Freya at Honey.

Pilit nila kong tinutulak papasok sa isang bagay na sa palagay ko ay sa loob ng kotse. Meron silang ibinuhol na manipis na bagay sa mga kamay ko. Sinubukan kong pagsisipain sila pero hindi ko naman alam kung tao ba ang tinatamaan ko.

Sinasabi ko na eh!

Kidnapping na naman! Seryoso? Napapagod na ko ng ganito. Lagi nalang akong nakikidnap. Hindi ba sila nagsasawa.

Author hindi ka ba nagsasawa? Pwedeng iba naman? Wag na kidnapping?

(**A/N:** 😑😑 Hindi.)

"**Ano ba?! Don't fvcking touch me!**" Boses ni Freya na parang palapit sa pwesto ko.

"**Freya?**" Tawag ko sa kanya.

"**The hell! Asan ka? Ano ba tong nasa ulo ko? Ang baho!**" Maarteng sabi nya.

Kasunod naman, narinig ko din ang boses ni Mica. "**Wag po! Maawa po kayo samin!**"

"**Maling-mali to! Kapag nalaman to ng uncle ko, katapusan nyo na!**" Si Honey na sa palagay ko ay sa bandang likod ko.

"**Alisin nyo nga to!**" Si Ella sa hindi kalayuan din sa kina-uupuan ko.

"**Ano bang nangyayari? Sino ba kayo?**" Si Rakki.

Hindi ko maintindihan. Sigurado ako na ako lang ang pakay ng mga to pero, bakit dinamay nila sila Mica at ang iba pa? Isa lang ang

nasa isip ko na gagawa nito sakin. Yung medyo matagal ng nagbabanta sa buhay ko.

R.Sato

Yung palaging nagpapadala ng picture ko na may letter sa likod. Yung laging nagte-text sakin bukod kay Yuri at GagongBaliw. Yung kaaway talaga ni Yuri pero sa hindi ko maintindihan na dahilan eh dinamay ako.

Narinig ko ang malakas na balabag ng pinto ng sasakyan. Narinig ko din ang pagbubulungan ng ilan sa kanila. Patuloy pa rin sa pagsigaw sila Honey at ang iba. Mukang umiiyak na din si Mica dahil sa paghikbi nya sa bawat salita nya.

Kahit ako naiiyak na rin sa takot pero hindi yon ang tamang gawin ngayon. Kailangan kong tibayan ang loob ko. Hindi ko alam kung anong sunod na mangyayari.

"**TAHIMIK!**" Sigaw ng isang lalaki dahilan para tumahimik ang mga kasama ko.

Kinuha ko ang pagkakataon para magsalita. "**Si Sato ba may utos nito?**"

"**Wag mo sagutin.**" Sabi ng isa sa kanila mula sa likod.

"**Bakit kailangan nyong idamay ang mga kaibigan ko—?**"

"**OMG! We're not friends!**" Singit ni Freya.

Ngayon pa talaga nya naisipan na ipagpilitan yon.

"**B!tch! Hindi ikaw ang tinutukoy nya!**" Sigaw ni Honey sa kanya.

"**Shut up!**"

At nag-away na nga sila sa pagpapalitan ng mura at pagtatawagan ng kung ano-ano'ng insulto. Kung pwede ko lang sampalin ang muka ko ngayon dahil sa pangu-ngunsumi sa kanila kanina ko pa ginawa.

"**Tatahimik ba kayo o ako magpapatahimik sa inyo?**" Sabi ng isang lalaki na mukang nasa bandang harapan ko.

Kainis!

Wala akong makita dahil dito sa nakasaklob sa muka ko. Totoo nga na meron kakaibang amoy. Parang nalutong pawis.

Napilitang tumahimik ang dalawa. Sa bawat oras na tinatagal namin sa loob ng sasakyan parang lalong humihigpit ang paghinga ko. Masyadong mabilis ang tibok ng puso ko at ayaw huminahon kahit anong pagpapakalma ko sa sarili ko.

Hangang sa huminto ang sasakyan at narinig ang pagbukas ulit ng pinto.

"**Don't touch me!**" Dinig kong sigaw ni Freya.

Kasunod din non ang paghatak sakin ng kung sino palabas ng sasakyan. Halos masubsob ako dahil hindi ko naman nakikita ang tinatapakan ko.

"**Bilis!**" Sabi ng may hawak sakin at pilit akong pinapatayo.

"**Tanggalin mo kaya tong nasa ulo ko ng makita ko yung dinadaanan ko!**" Inis na sabi ko sa kanya pero hindi naman nya ko sinagot.

Habang naglalakad alam kong kasunod ko ang iba. Naririnig ko kasi ang sunod-sunod na sagutan nila Freya at Honey. Ang pagrereklamo ni Ella at Rakki at ang paghikbi ni Mica.

Huminto kami ilang sandali at nakarinig ako ng pagbukas ng pinto. Kasunod non ang sapilitang pagtulak sakin paupo.

"**Aray! Ano ba!**" Reklamo ni Rakki na mukang nasa tabi ko.

"**Remove it.**" Dinig kong sabi ng isang lalaki at tinanggal nila ang nakasaklob sa ulo ko.

Anak nang...

Napapikit ako dahil sa sobrang liwanag. Parang natuyo ang eyeballs ko. Nang makapag-adjust na ang mata ko sa liwanag. Don ko palang naidilat ng maayos ang mata ko.

Isang lalaki na naka-sleeveless na puti ang bumungad sakin. Halatang hindi sya pinoy. Balot ng tattoo ang mga braso nya pati leeg. May itsura sana, pwede ipang-laban ng ka-gwapuhan kay Yuri kayalang mukang adik sa kanto.

Idagdag pa yugn Peircing sa ilong at labi. Buti hindi pa nato-tokhang to.

"**Sino ka naman?**" Tanong ko kahit parang may ideya na ko.

Ngumiti sya sakin ng nakakaluko. "**Me?**"

Ay hindi! Yung katabi mo siguro.

Lumapit sya sakin at yumuko. Sinabunutan nya ko para mapatingala at mapatingin sa kanya.

"**I am your grimm reaper.**"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter: @lareypot
Instagram: @lareypot
Author's FB Page: Lara Flores - eatmore2behappy

Chapter 257

A/N: Nakalimutan kong mag-thank you sa lahat ng bumati sakin nung birthday ko.

And thank you din sa lahat ng sumusuporta sa AMNSE, at least once naging #1 sya sa TeenFiction.

Enemy who?

Jay-jay's POV

Tagaktak ang pawis ko. Mahapdi din ang pulsuhan ko dahil sa sikip ng pagkakatali nila.

Hindi na ulit ako kinausap pa ng hudas na to. Panay lang ang salita nya sa mga kasama nya ng salitang hapon. Mabuti nalang at nakaramdam tong mga kasama ko at nag-sitahimik din.

Ryosuke Sato!

Yun ang pangalan nya. Ryo ang tinatawag sa kanya ng mga kasama nya. Pero mas gusto ko syang tawaging Gunggong.

Nakakainis! Hindi ako makaisip ng pwedeng gawin dahil baka madamay sila Mica. Baka sila ang pagbuntunan nya. Kahit pagsasalita hindi ko magawa dahil baka hindi sya matuwa sa sasabihin ko.

"**You!**" Sabi nung Gunggong sabay turo kay Ella. "**...why are you looking at me like that?**"

Halatang hirap syang magsalita ng english. Tinignan ko si Ella na itinuro nya. Gusto kong sampalin ang noo ko dahil sa itsura nya. Hindi nga sya nagsasalita pero ang sama naman ng tingin nya kay Sato.

Sige lang... Gandang moves nyan.

"**Because I don't understand—.**"

Mabilis na pinutol nung Sato ang sasabihin nya. "**You don't have to.**"

Hindi ko mapigilan na hindi maki-alam. Ang dami nya kasing kailangang idamay.

"**Bakit pati sila andito? Ako lang naman kailangan mo diba?**"

Lumipat ang tingin nya sakin. "**Yes, but things didn't work well because of Jason.**"

Si Friday the 13th?

Yung nakalaban namin sa gotohan. Yung naka-motor na maganda. Buhay pa kaya yon?

"**...what I want is Keifer, Yuri and their gang.**" Dagdag nya pa.

Gang? Sino? Yung mga Ulupong? Eh hindi naman Gang yung mga yon. Gang-gangan (feeling Gang) pwede pa.

Isa pa! Wala yung Hari nila. Alangan namang intayin pa naming umuwi yon. Jusme! Baka graduation na sa HVIS andito pa rin kami kasi hindi pa rin nagpapakita yung isa.

"**Baka pwedeng wag mo na silang isali pa dito? Pupunta naman yung mga yon kahit ako lang ang hawak mo.**" Sabi ko ng may pakiki-usap ang tono.

"**Then ikaw lang ang bida?!**" Maarteng singit ni Freya.

"**Ay tanga.**" Bulong ni Ella pero halatang parinig.

Kahit hindi kami okay sa alright ni Ella.... Sasang-ayon ako sa kanya.

"**What?!**" Inis na tanong ni Freya.

"**Actually, I agree with her.**" Gatong pa ni Honey patukoy sa sinabi ni Freya. "**...ang dating kasi ikaw lang ang ililigtas. Ikaw lang ang bida.**"

"**Ay isa pang engot.**" Sabi ni Rakki habang napapa-irap.

Gusto kong iuntog ang ulo ko sa pader dahil sa katangahan ng dalawang to. Gumagawa na nga ako ng paraan para maka-alis sila dito tapos yun pa talaga ang nasa isip nila.

Wow.... Just wow.

"***Urusai!***" (Shut up!) Sigaw ng Gunggong samin.

"**WHAT?!**" Sabay na tanong ni Freya at Honey

Napahawak si Sato sa sintido nya. "**I said '*shut up*'.**"

Napa-nod naman kami pare-pareho. Tumahimik naman ang mga Gaga. Sandaling tumalikod samin ang Gunggong at merong sinabi sa kasama nya.

Meron kinuha yung kinausap nya sa bulsa. Sabay labas ng cellphone. Pinaka-titigan ko yon dahil pamilyar sakin. Meron casing na kamuka ng....

Shit! Cellphone ni Aries.

"**Panu napunta sa inyo yan?!**" Tanong ko habang nakatitig pa rin sa cellphone.

Sabi ko na. Hindi nga yung Horoscope yung nagtext sakin. Napaka-burara kasi ng lalaking yon.

"**Kay Aries yan!**" Sabi ni Ella at tangkang tatayo pero mabilis syang hinawakan sa balikat ng isang lalaki. "**...kasama nyo ba sya? Andito din ba sya? Anong ginawa nyo kay Aries?!**"

Nakaramdam ako ng takot. Hindi ko maintindihan. Ang nasa isip ko lang nawala na naman nya ang cellphone nya. Pero ano tong sinasabi ni Ella?

"**Anong..... hindi ba nasa school si Aries?**" Mahinahon kong tanong pero bakas ang takot.

"**Kasama namin syang naghahanap ng cellphone nya. Naghiwalay lang kami sandali pero nung balikan na namin sya, kayo naman ang nakita namin.**" Paliwanag ni Mica.

Hindi... Wag naman sana!

Hinarap ko si Sato. "**Andito ba sya?!**"

Ngumiti sya ng nakakainis sabay senyas gamit ang dalawang diliri nya sa mga kasama. Parang may hinabol na kabayo ang puso ko dahil sa mas malakas na tibok nito.

Isang lalaking naka-uniporme at may supot na itim sa ulo ang ipinasok nila. Inayos naman ng iba ang isang upuan para maiharap samin at dun inupo ang hawak nilang lalaki.

Pag-upo nya, tinanggal ni Sato ang supot na itim sa ulo ng lalaki.

Putik!

"**ARIES!**" Halos sabay na sigaw namin ni Ella.

Para syang nahihilo na naka-droga na napuyat dahil sa sobrang paglalaro ng video game.

Pilit nya kaming tinignan at parang nagising sya sa panaginip ng ma-realize kung sino kami.

"**J-jay? Ella? What—The hell!**" Sigaw nya ng mapansing hindi nya maigalaw ang mga kamay dahil tali.

Sinubukan nyang magpumiglas mula sa pagkakatali pero walang saysay yon.

"**ANO BA KASING KAILANGAN MO?!**" Galit na sigaw ko.

Tangina! Lahat nalang ba kailangang idamay!

"**Shut up Jay!**" Sigaw sakin ni Aries.

"**BAKIT KAILANGAN MO PA SILA ISALI—!**" Hindi ko na natuloy ang sasabihin ko dahil sa biglang pagsampal nya sakin.

Pati sila Ella at iba pa ay napasigaw dahil sa pagkabigla.

"**FVCK YOU! DON'T YOU FVCKING TOUCH MY SISTER!**" Galit na galit na sigaw ni Aries.

Kung wala lang humawak sakin sa balikat mula sa likod malamang dumiretso na ko sa sahig. Napapikit nalang ako dahil sa sakit.

Putena ka! Gagantihan kita mamaya!

Pinilit kong idilat ang mata ko. Napansin ko na bawat isa samin ay may lalaki ng nakatayo sa likod at nakahawak na sa braso para hindi kami makatayo.

"**Noisy, noisy.**" Sabi ni Sato at lumapit sakin.

Pilit akong tiningala ng lalaki sa likod ko gamit ang paghatak sa buhok ko.

"**I don't like noisy people.**" Sabi nya at kasunod non ang biglang pagsuntok sa sikmura ko.

Bwisit ka!

Binitiwan ako ng may hawak sakin kaya tuloy-tuloy akon bumagsak sa sahig. Panay ang mura ni Aries habang nagpupumiglas.

"**AKO HARAPIN MO DUWAG!**" Dagdag pa nya pero pinagtawanan lang sya ni Sato.

Maluha-luha ako habang namamalipit sa sahig. Hindi ko man lang magawang hawakan ang tyan ko dahil sa pagkakagapos.

Muli akong tinayo ng isang lalaki at ibinalik sa kinauupuan ko. Habol ang hininga ko at muli na naman akong hinarap ng Gunggong.

Punyeta ka! Mababawian din kita!

"**Listen to me.**" Sabi nya at may nilabas na cellphone. "**...talk to Yuri. Ask him to be here as soon as possible. Your life is in danger and bring his gang and of course.... Keifer.**"

"**Don't follow him.**" Sabi ni Aries.

Pumitik si Sato sa daliri nya at tinuro si Aries. Agad syang sinuntok ng isa pang lalaki. Muntik na kong mapatakbo sa kanya kung hindi

lang nakaharang ang pagmumuka nitong sira-ulong Gunggong na to.

"**You will do what I said or...**" Tinuro nya sila Ella. "**...I will hurt them next.**"

"**Gawin mo na yung sinasabi nya!**" Sigaw sakin ni Freya.

"**Tumigil ka!**" Sigaw ni Rakki sa kanya. "**...baka kung anong gawin nya kila Ci-N.**"

"**T-tama si Rakki. Baka hindi kayanin nila Calix baka marami ang kalaban.**" Dagdag ni Mica.

"**Ano ba?! Malamang hihingi sila ng tulong sa mga pulisya. Hindi naman talaga nila kaya ang baliw na to eh.**" Inis na sabi ni Honey.

"**Tumahimik na kayo! Hayaan nyong si Jay-jay ang magdesisyon.**" Si Ella habang bakas ang pag-aalala nya kay Aries.

Tinignan ko silang lahat. Alam kong hindi nila kakayanin ang gagawin sa kanila ni Sato. Hindi naman sila matibay na kagaya ko.

Pero kung papa-puntahin ko naman sila Yuri dito. Baka pagtulungan sila. Baka mas marami ang tauhan nitong Sato kesa sa inaasahan namin.

Tsk! Bahala na!

"**I'll do it.**" Sagot ko kay Sato.

Ngumiti sya at nagpipindot sa cellphone. Naka-loud speak yon kaya dinig ng lahat ang pag-ri-ring.

Tinapat ang cellphone sa bibig ko saktong namang sinagot ang tawag mula sa kabilang linya.

["*Hello? Sino to?*"] Boses yon ni Yuri.

"**Y-yuri...**"

["*Jay? Anong nangyari? Nasan ka?*"]

Tinignan ko si Sato, halata sa muka nya na inaabangan nya ang sasabihin ko.

"**Yuri...**" Huminga ako ng malalim. "**...marami sila, sampo sila dito sa loob hindi ako sigurado sa nasa labas. Magdala ka ng backup—.**"

Hindi ko na nagawang tapusin ang sasabihin ko ng ilayo ni Sato ang cellphone at salubungin ng sampal ang muka ko. Muntik na kong malaglag ulit pero may humawak na naman sakin mula sa likod.

Kinuha ko ang pagkakataon na malapit sya at dinuruan sa mismong muka nya. Manhid na manhid na yung pisngi dahil sa dalawang sunod na sampal nya.

Baka pwedeng kabila naman, para pantay!

Masama na ang tingin sakin ng Gunggong. Pinunasan nya ang muka nya gamit ang palad habang inaabot naman ng isang kamay nya sa tauhan ang cellphone.

"**Send him our location and get ready.**" Utos nya ng hindi inaalis ang tingin sakin.

"***Fuzakeruna!***" (Don't mess with me) sigaw nya sakin.

"***Fuzang ina ka rina!***" Pang-gagaya ko sa tono nya.

Mukang nakuha naman nya ang ibig kong sabihin yun nga lang, napatid na ata ang pisi ng pasensya nya. Walang pakundangan nya kong sinakal.

"**BITIWAN MO SI JAY-JAY!**" Sigaw ni Aries.

Naririnig ko ang din ang sabay-sabay na pagsigaw nila Mica. Pero hindi ko alam kung anong papakinggan ko. Dahil ang alam ko lang ay ang paghigpit ng hininga ko kasabay ng unti-unti'ng panlalabo ng paningin ko.

"***Jigoku he ike!***" (Go to hell!) Sigaw nya sa mismong muka ko.

Putang'na ka! Kung minura mo man ako o hindi!

Halos magdilim na ang paligid ko ng bitawan nya ko. Napayuko ako habang habol ang hininga ko at umu-ubo. Unti-unti kong naramdaman ang mga luha ko sa gilid ng mata ko.

"**I am so eager to kill you!**" Sabi nya at naglakad palayo sakin.

"**S-sato.**" Tawag ko sa kanya kahit parang wala ng boses na lumalabas sa bibig ko.

Humarap sya sa sakin at tinignan ko naman sya ng masama.

"**...just wait u-until I get out of here. I will make you pay.**" Banta ko pero tinawanan lang nya ko.

Lumabas sya ng pinto at ganun din ang ibang kasama nya. Binitawan na kami ng mga lalaki'ng nasa likod namin. Umalis din sila hangang sa dalawa'ng tao nalang ang natira.

"**Jay...**" Tawag sakin ni Aries.

Tinignan ko sya at pilit ngumiti. "**O-okay lang ako.**"

"**Darating sila, diba?**" Tanong ni Honey.

"**Pano kung hindi nila kaya yung kalaban?**" Nag-alalang tanong ni Mica. "**...pano na tayo?**"

"**Kaya nila! Alam akong kaya nila!**" Sagot ko kahit sa totoo lang hindi ako sigurado.

Gusto kong umiyak. Akala ko talaga malalagutan na ko ng hininga. Kitang kita ko sa mga mata nya na gusto'ng-gusto na nya'ng ituloy yon.

Pero hindi ko pwedeng gawin yon. Hindi sa harap nila. Kaylangan kong maging matibay dahil kung pati ako susuko. Pano na sila? Ano nalang kami?

Darating sila, alam ko. Pero darating ba sya?

"**Sino ba yung lalaki kanina?**" Tanong ni Rakki. "**...ano ba kailangan nya satin?**"

Nagtinginan kami ni Aries. Alanganin kung sasagutin ba ang tanong ni Rakki. Baka hindi maging maganda ang isipin nila kapag nalaman nila na ako talaga ang target nya.

"**Naalala ko sya.**" Biglang sabi ni Ella. "**...nakita ko na syang kausap ni Yuri dati.**"

"**He said, si Yuri, Keifer at Gang daw kailangan nya.**" Sabi ni Freya. "**...may Gang sila?**"

"**Ang Section E ang tinutukoy nyang Gang.**" Sagot ko.

"**Kaya ba andito tayo? Kasi alam nyang malapit tayo sa Section E?**" Tanong ni Mica.

Pwede...

Ngayon ko lang din naisip yon. Hindi naman siguro nya idadamay lang sila Mica at ang iba pa ng dahil lang sakin. Unless nalang kung nasubaybayan na nya ng husto ang lahat ng galaw ko o pwede ring pati galaw ng mga Ulupong.

"**Bakit pati ako? At si Aries?**" Sabi ni Mica at tinignan kami. "**...pati na rin si Rakki, eh hindi naman sya mapaglapit sa Section E.**"

"**Also me.**" Singit ni Freya. "**...I don't remember having connection with them. Maybe with Yuri and Keifer but that was like.... a very long time ago.**"

Oo nga!

Ibig sabihin ba non, nadamay lang talaga sila sakin. Kung yun nga yung dahilan, kasalanan ko to. Kasalanan ko kung bakit pati sila andito.

"**Kahit ano pa yang dahilan na yan. Sure akong baliw yang lalaki na yan.**" Sabi ni Rakki habang nakatingin sa pinto na dinaanan ng Gungong. "**...nakita nyo naman yung ginawa nya**

kay Jay-jay."

"**So ano na? Aantayin nalang talaga natin yang mga Section E na yan?**" Inis na sabi ni Honey.

"**Ipagdasal mo.**" Sagot ni Aries. "**...Ipagdasal mong dumating sila kasama si Keifer.**"

Tinignan ko si Honey. "**Ikaw ang kasama nya. T-tingin mo ba makakarating sya?**"

"**I don't know.**" Sagot nya at nag-iwas ng tingin.

"**Panung hindi mo alam?**"

"**I don't know! Walang paraan para ma-contact sya! Except kay Keigan, which is impossible dahil hinaharang nya lahat ng connection ni Keifer dito sa Pilipinas.**" Paliwanag nya dahilan para mapatingin ang iba sa kanya.

"**H-hindi ko maintindihan.**" Sabi ko habang napapailing.

Huminga ng malalim si Honey. "**Kailangan ni Keifer na ayusin ang sarili nya. No space and time for distraction dahil ayaw ibigay ng mga kamag-anak nya ang mana nya. Keigan make sure that he will have all the time in the world kaya pinutol nya ang connection—.**"

Agad kong pinutol ang sasabihin nya. "**Teka nga! Teka! Teka! Anung pinutol? Eh nakaka-usap nya yung ibang mga Ulupong! Naka-usap pa nya tong si Horos—Aries!**"

"**Duh!**" Sagot nya. "**He have ways.**"

Wew... Yung motto nyang pang-bangko.

Naguguluhan talaga ako. Hangang sa pumasok sa isip ko yung picture nya nung birthday nya. Yung pinadala ng GagongBaliw.

Kung wala pala syang connection dito samin. Malabo na talaga na iisa sila nung textmate kong parang laging sabog. Minsan lang din nya maka-usap.

Pare-pareho kaming tumahimik. Nakikiramdam at nag-iisip ng pwedeng mangyari samin. Ngayon ko lng napagtanto na nakakabaliw ang katahimikan.

Pasimple kong kinakalas yung pagkakatali kamay ko pero mas lalo lang humahapdi yon tuwing ginagalaw ko.

Nakakainis! Walang kahit na anong bagay ang pumapasok sa isip ko.

Tinignan ko si Aries na nakatingin din pala sakin. Bakas sa muka nya ang pag-aalala. Gusto ko sana syang tanungin kung may plano ba sya pero nakabantay samin yung dalawang tauhan ni Sato'ng Gunggong.

"**Ang init naman dito! Wala ba kayong aircon?!**" Maarteng tanong ni Freya.

Napabuntong hininga nalang kami. Inalala pa nya talaga yung temperatura sa kwarto kesa sa sarili nyang buhay.

Hindi naman sya pinansin nung dalawa. Tinignan lang sya sandali bago hinarap ang isa't-isa para mag-usap.

"**Ay bingi-bingihan! Hindi naman gwapo.**" Parinig ni Freya sa kanila.

"**Can you please shut the fvck up?!**" Inis na sabi ni Honey.

Ayan na naman sila!

Kung ganito naman ang maririnig ko, dun nalang ako sa tahimik kahit mabaliw ako. Panay pa rin ang bangayan nila. Hindi naman din na sila inaawat ng mga bantay namin at nila Rakki. Mukang nagsawa na sa kakapagitna sa away nila.

May kalahating oras na yata kaming mga naka-tanga at naghihintay ng mangyayari ng biglang pumasok si Sato'ng Gunggong. Nakangiti pa sya at parang ang sarap bawasan ng ngipin nyang kintab to the max.

Wag kang kakanta! Wag kang kakanta!

"**He's here.**" Sabi nya at tumingin sa bandang likod namin.

Ganon din ang ginawa ko at ng iba pa. Bumukas ang pinto na gawa sa bulok-bulok na kahoy at niluwa non ang taong kanina pa inaasam ni Sato na makita.

Kasunod ang dalawa sa tauhan nya. Lumakad sya palapit samin habang nakatingin sakin.

"**Y-yuri...**" Halos bulong kong sabi.

Ngumiti siya sakin sandali bago huminto sa paglalakad at harapin ang Gunggong.

"**Let them go now.**" Seryoso'ng utos ni Yuri.

Tumawa ng malakas si Sato. "**No!**" Biglang sigaw nya. "**...I said, You, Keifer and your Gang.**"

Pilit pa rin nyang hinahanap ang mga Ulupong at ang Hari nila.

"**Keifer is busy and we don't have a Gang, we called them friends.**" Paglilinaw ni Yuri.

Yung kaibigan talaga turing nila sa mga Ulupong na yon. Lakas maka-proud.

"**Then where is—!**" Hindi na natapos ang sasabihin ni Sato ng may bigla nalang bumagsak mula sa kisame sa likod namin.

Pare-pareho kaming lumingon don. Bagsak na ang manipis na Plywood na puro anay na. Kasunod non ang unti-unti'ng pagtayo ng isang maliit na lalaki habang nagpapa-pagpag ng damit.

Napatingin ako kay Yuri ng sampalin nya ang noo nya. Mukang palpak ang isang to.

"**Bakit ang lambot ng kahoy na yon?**" Sabi ng taong maliit—mas tamang sabihin na Batang Kumag.

"**Ci-N?**" Sabi ni Ella.

Lumingon sya samin na parang inosenteng bata. Tumingin pa sya sakin at kay Yuri bago ngumiti ng malapad.

"***Torplise!***" Sabi nya sabay taas ng dalawang kamay.

"**Get him!**" Sigaw ni Sato pero bago pa sila makakilos sunod-sunod na ingay na ang narinig namin sa labas.

"***May nakapasok!***" Sigaw ng kung sino.

Tinignan ko si Yuri. Meron syang kasama, hindi sya nag-iisa! Bago pa man ako makapag-salita merong humawak sakin mula sa likod at hinatak ako palayo.

Sinubukan akong habulin ni Yuri pero hinarangan na sya ng mga tauhan ni Sato. Narinig ko din ang pagsigaw ni Aries sa pangalan ko. Masyadong mabilis ang mga pangyayari.

"**Saan natin sya dadalhin?**" Tanong ng isang lalaki na nasa likod ko.

Tinignan ko kung sino yung mga nasa harapan ko. Lahat sila nagmamadali sa paglakad.

"**Get the car!**" Utos ni Sato sa isang lalaki.

Kotse? Ilalayo nila ko!

Mabilis akong nagpumiglas sa lalaking may hawak sakin pero dahil sa bilis nila sa paglalakad natumba ako sa sahig. Narinig ko ang sunod-sunod na pagsasalita ni Sato ng hapon. Pamilyar sakin ang iba sa sinasabi nya na sigurado akong mura.

Bigla nalang nya kong sinabunutan at hinatak. Napasigaw ako sa sakit. Kahit makapal ang buhok hindi naman sapat yon para mabitbit non ang buong katawan ko.

"***Kisama! Ama!***" (You! Bitch!) Sigaw nya pa.

Tanging magpapadyak nalang ang nagawa ko. Hindi ko na rin napigilan ang pag-iyak ng dahil sa sakit. Ayoko talaga ng pakiramdam ng hindi ako makalaban.

Tang'na ka! Kapag ako napanot, kakalbuhin kita!

Pabato nya kong binitiwan ng mapagtantong hindi nya ko mahahatak ng ganun lang. Akala ko susuko na sya pero sinipa sa likod. Dahil nakatali sa likod ang mga kamay ko, yon ang unang sumalo ng sipa nya.

"**Arrgghh! Tama na!**" Sigaw ko dahil sa sakit.

Para syang gigil na gigil na saktan ako. Hindi pa sya nakuntento at hinampas ako ng matigas na bagay. Agad akong dumapa para ilayo ang muka at dibdib ko dahil yun ang sunod nyang puntirya.

"**Tama na! TAMA NA!**" Sigaw ko na may halong pagmamaka-awa.

Tumigil din sya matapos ang ilang paghampas na sinalo ng balikat at braso ko. Pinatamaan din nya ang hita at binti ko.

Gusto kong umiyak ng malakas dahil sa sakit na nararamdaman ko. Hindi ko na rin magawang kumilos pa. Pakiramdam ko sa ganitong paraan nya ko papatayin.

Pero mukang mali ako dahil narinig ko ang pagkasa nya ng baril na mukang gagamitin nya sa pagpatay nya sakin.

"**Go to hell now!**"

Kahit sino.....please.....tulong.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter: @lareypot
Instagram: @lareypot
Author's FB Page: Lara Flores - eatmore2behappy

Chapter 258

A/N: Ahehehe... *Torplise!*

🎂Happy Birthday!🎉
🎁Mikaella Mhaye
🎈Cassandra Sorraco
🎊Jucille Friales

🎂 Advance Happy Birthday! 🎉
🍰Kristine Trance

🎂Happy Birthday!🎉
🎁Ate Carms from Team Balisa

Black and white

Jay-jay's POV

Pigil ko ang luha at paghinga ko. Pakiramdam ko maling galaw ko lang butas ang bao ng ulo ko. Kahit hindi ko tignan ramdam ko na sa batok ko nakatutok ang baril.

Ilang beses na kong natutukan ng baril, pero habang tumatagal pabigat ng pabigat yung nararamdaman ko. Parang palapit ng palapit ang kamatayan ko.

"**Aaarrrggghhh!!**" Malakas na sigaw ni Sato kasunod nang pagpapaputok nya ng baril.

Napasigaw ako ng malakas sa pag-aakala na sa akin ang tama non, pero wala akong naramdaman na kahit na anong sakit. Pwede ring namatay na kasi agad ako kaya ganon. Dinilat ko ang mata ko at nakikita ko pa naman ang paligid kahit malabo dahil sa luha.

Hindi na to biro! Mamatay na yata talaga ako.

Pwedeng wag muna? Meron pang hindi nagbabayad ng utang sakin. Hindi pa din kami ayos ng mga Ulupong. Hindi ko pa din nasasapak ang Hari nila. Hindi ko pa din nakikita si Papa. Baka pwedeng after

nalang non.

Muli na naman akong hinawakan ng isa sa kanila at pilit tinayo. Dahil hindi ako makalakad ng maayos napilitan syang kaladkarin ako na parang manika. Halos masubsob ako dahil sa bigat ng katawan ko.

Lumabas kami sa isang pinto at malawak na bakanteng lote ang bumuluga sakin. Sa hindi kalayuan ay mga tambak ng semento at putol-putol na sanga ng puno.

"**WHERE IS MY CAR?**" Sigaw ng Gunggong na Sato sa mga tauhan nya.

Hindi ako makapag-isip ng maayos. Nahihirapan akong huminga dahil sa pinag-gaga-gawa ng Sato na to sakin. Sabog-sabog na ang buhok ko sa muka. Malamang muka na kong bruha pero hindi yon ang inaalala ko.

Kailangan kong makatakas sa kanya!

Bigla nalang nagwala sa galit ang Sato at pinagsisipa ang mga tauhan nya. Pati yung may hawak sakin hindi naka-ligtas. Para syang bata na nagwawala dahil hindi nakuha ang gusto. Nang wala ng mapag-initan tinutukan na naman nya ko ng baril.

"**I want you dead! You're going to die! Your friends will not help you!**" Sigaw nya habang dinu-dutdot ang baril sa ulo ko.

"**H-hindi yan totoo!**" Sagot ko sa kanya pero patuloy pa rin sya sa pagsigaw at pagtutok ng baril sakin.

"**No one will help you! You will die here! I will kill you!**"

"**HINDI!**" Buong lakas na sigaw ko sa kanya. "**Darating sila! Ililigtas nila ko!**"

Andito na nga sila eh!

"**They will not make it! My man will defeat them!**"

Feel talaga nyang makipag-sigawan sakin. Buti sana kung ang

bango ng hininga nya. Idagdag pang panay ang talsik ng laway nya sa mismong pagmumuka ko.

Alam ko ang ginagawa nya. Tinatanggalan nya ko ng pag-asa. Akala naman nya magpapa-uto ako sa kanya. Palagay nya sakin? Bata?!

"BWISIT KA! ILILIGTAS NILA KO! ALAM KO YON! DAHIL MGA KAIBIGAN KO SILA! MAY TIWALA AKO SA KANILA!" Sigaw ko habang pilit nilalapit ang muka ko sa kanya ng madama naman nya ang laway ko.

Damhin mo! Gago!

Nakarinig ako ng mahinang palakpak. Kasunod ang kuwaring paghikbi ng kung sino. Tinignan ko yon na nagmumula sa bandang likod namin.

"May tiwala si Jay-jay satin! Nakakaiyak!" Sabi ni Rory.

"Nice! May tiwala sya!" Sabi ni Mayo habang tumataas-taas ang kilay.

"Trust trust baby!" Sabi ni Drew habang sumasayaw pa.

"Wow... Tiwala." Gatong ni Josh na halata namang sarcastic.

Napangiti ako pero nawala din agad yon ng maramdaman ko ang metal na bagay sa ulo ko. Kasabay non ang paghawak nya sakin sa braso para hindi ako makalayo sa kanya. Eto na naman sya!

Sabay-sabay silang na-alarma. Sinubukang lumapit nung iba pero lalo diniinan ng Gunggong ang baril sa ulo ko.

"Easy..." Sabi ni Felix.

"Where is Yuri and Keifer?" Tanong nya sa mga Ulupong.

Nagtinginan ang mga luko. Walang makasagot. Gusto kong maiyak! Mamatay nalang ako hindi pa rin sya magpapakita. Ano pa bang dapat na mangyari sakin? Baka nakalibing na ko at nabubulok na sa kabaong wala pa din sya.

Punyeta ka Keifer! Punyeta ka talaga!

Papakain ko sayo medyas kong hindi pareho. Hudas! Nakakainis! Sarap mong salaksakin sa ngala-ngala. Pipitikin ko gilagid mo! Sarap hugutin ng esophagus!

"**Potena! Bitiwan mo na ko! Hindi darating ang Hinayupak na yon!**" Inis na sigaw ko.

Kung naiinis ako sa Sato na to, nang-gigigil ako sa Pesteng Demunyong Hari ng mga Ulupong.

"**Bitaw na! Aaaggghhh!**" Sigaw ko habang nagpupumiglas.

"**Ingay.**" Dinig kong sabi ng kung sino.

Natahimik ako at ganun din si Sato. Anak ng shutanginamers!

Luminga-linga ako. Isa-isa ko ding tinignan lahat ng kaharap ko. Pati mga tauhan ng Gunggong na to na nasa likod namin at nasa sahig tinignan ko din.

"**A-andito sya.**" Sabi ko habang nililigid ang paningin ko. Nang hindi sya makita, hinarap ko ang mga Ulupong. "**Andito sya? Andito ba sya?**"

"**W-who? Who is here?**" Tarantang tanong ng Gunggong na Sato.

Yung Nanay mo andito!

Mukang nakaramdam na sya ng takot. Unti-unti nya kong hinahatak palayo sa mga kumag na kaklase ko. Wala din namang saysay yon dahil malawak ang paligid. Tumakbo man kami kita din kami kung saan kami mapupunta.

"**Let her go now!**" Sigaw ng kung sino.

Kung hindi ako nagkakamali, boses yon ni Yuri.

"**🎶Let her go... Let her go...🎶**" Pakantang sabi ng isa pa na kagaya ng kanta ni Elsa.

Hindi ako pwedeng magkamali, boses yon ni Percy.

"**Let go of my sister!**" Ang boses ng Horoscope. Si Aries to.

Mula sa gilid ng gusaling pinang-galingan namin. Dahan-dahang naglalakad ang mga pinang-galingan ng boses na yon. Nagsimula sa kapatid ko, kasunod ang isa ko pang kapatid at si Yuri.

Akala ko hangang sa kanya nalang pero parang bumagal ang oras ng mapansin kong may kasunod pa sya. Nang makita ko ang sapatos na itim na tumatapak sa maalikabok na lupa. Paangat sa pants na itim nito at sa naka-tak ing puting long sleeves. Ang kurbata na halatang mamahalin na unti-unti nyang tinatanggal habang palapit samin. Hawak sa isang kamay ang coat na itim. Hindi ko na napigilan ang hindi mapaluha.

Hari ng mga Ulupong.

Naka-brush up ang buhok ng Gago! Huminto silang apat hindi kalayuan sa kinatatayuan namin. Ngumiti sya ng nakakaluko at puno ng pagyayabang.

"**Tss... Profanity.**"

Ay wow!

Wow talaga! Alam mo yung...mapapamura ka nalang talaga. Yun pa talaga! Kailangan talaga yung famous line nya muna. Inis na inis na talaga ako sa kanya pero kahit ganun, bakit parang tumatalon ang puso ko sa tuwa.

"**Kumag ka! Yan pa talaga inintindi mo! Hayop!**" Sigaw ko.

Gusto ko ng abutin ang muka nya para masapak ko na. Pero malayo ako, tapos hawak ako nitong Sato na to. Hindi ko tuloy sya mayayaka—*este*, masusuntok.

Ngumiti na naman sya ng nakaka-asar. Parang ang sarap kalasin ng mga ngipin nya'ng perpekto sa likod ng mga labi nya'ng hindi na kailangan ng pangulay. Ginulo nya ang buhok nya sandali bago tuluyang hinatak ang necktie nya at binato kasama ng coat.

Bakit parang mas lalo syang gumwapo—*sush! Stop!* Yun pa talaga pinansin ko.

"**I came back straight from London then you'll call me *Kumag* and *Hayop*?**" Tanong nya habang nakakunot ang noo. "**...wala bang '*I miss you Keifer*' dyan?**"

Kingina ka talaga!

"**Gago! Nagkita tayo kahapon!**" Sigaw ko sa kanya.

Tumango-tango sya. "**Yeah. Minura mo nga ako diba?**" Paalala nya.

Nako naman kasi! Bakit pina-alala pa yon? Ang dami-dami kayang tao non sa lobby. Lahat sila tumingin sakin nung sinigaw ko yon.

"**W-wala akong maalala! H-hindi ako yon!**"

Sige lang. Tanggi mo lang!

Itatanggi ko sa taong magaling makahuli ng nagsisinungaling. Oo! Itanggi talaga.

Tumaas ang isang kilay nya kaya agad akong nag-iwas ng tingin. Tinignan ko lang yung langit na walang ka-ulap-ulap.

"**Ganda ng langit.**" Sabi ko at bigla nalang diniinan ni Sato ang pagkakahawak sakin. "**Aahhh... Aray!**"

Muntik ko ng makalinutan na andito pa pala ang Gunggong na to. Inagaw kasi lahat ng Hari ang atensyon ko.

"**Let go Jay-jay now.**" Sabi ni Yuri habang nakatingin ng masama kay Sato.

Diniin na naman nya ang baril sa ulo ko. Natatakot ako, pero parang may kakaiba sa pakiramdam ko. Hindi ko masabi pero ang magaan sa dibdib. Madalas nakakataranta kapag ganito ang sitwasyon pero ngayon na nakikita ko sila.

Silang lahat.... Silang apat.

Pakiramdam ko magiging okay din ang lahat. Pakiramdam ko, ligtas na ko kahit wala pa ko sa mga kamay nila.

"**Bitawan mo na si Baby Sister. Hindi pa ba sapat ang kagwapuhan namin para masindak ka?**" Pagyayabang ni Percy.

Nakita ko ang pagsampal ni Felix sa noo nya. Kahit ako ganun din ang gusto kong gawin pero nakatali pa rin ako.

"**Don't call her Baby Sister. She's my sister not yours.**" Sabi ni Aries.

Tinignan sya ni Percy habang nakanguso. "**Ang sungit mo naman. Sige, ikaw nalang Baby ko.**" Sabi nya sabay ngiti at amba ng yakap.

Agad na tumaas ang kamao ni Aries kaya hindi na natuloy ni Percy ang balak. Wala talagang pinipili ang mga kalokohan nya. Kahit sa ganitong sitwasyon nakakapagsalita pa rin sya ng ganun.

Pero okay lang, hindi ko man aminin pero yung mga pagbibiro nya ng ganyan ang nagpapa-alala sakin na andyan lang sya at handa akong tulungan.

Tinignan ko ang katabi nya.

Ang masungit na muka ni Aries. Dala nyan kapalaran ko. Kahit parang laging galit sa mundo yan, labs ko yan. Kahit lagi kaming nag-aaway nyan, mahalaga sakin yan. At ang masungit nyang muka na yan ang nagpapa-alala sakin na may sermon ako mamaya dahil makakaligtas ako.

Sa kabilang dulo naman ang tinignan ko.

Ang seryoso'ng muka ni Yuri. Muka tuloy syang nagbabaga sa galit dahil sa buhok nyang pula. Pero kahit ganyan yan, matibay yan dahil sa lahat ng nangyari sa pagitan namin eto pa rin sya. Ang pulang buhok nya na yan ang nagpapa-alala sakin na mamaya lang yayakapin nya ko at ipaparamdam nyang nag-alala sya.

At ang huli.

Tang'na!

Ang pagmumuka ng pesteng, dimunyung, kumag na Hari ng mga Ulupong. Nagpapa-alala sakin na susuntukin ko pa sya. Pagbabayarin sa lahat ng kalokohan nya sakin. Pagpapaliwanagin sa mga pinag-gagagawa nya.

"KINGINA! BITIWAN MO NA KO!" Sigaw ko kay Sato habang pilit hinahatak ang braso ko.

Sa hindi ko maintindihan parang napikon na sya ng tuluyan at buong lakas akong tinulak. Bumagsak ako sa maalikabok na lupa pero kasabay din non ang pagtutok ng baril nya sakin.

Hindi ko ipinikit ang mata ko. Handa na kong salubungin ang bala pero isang lalaki ang yumakap sa katawan ni Sato at pinabagsak sya.

"TAKE JAY-JAY AWAY FROM HERE!" Utos ni Keifer at merong bumuhat sakin.

Hindi ko na nakita ang mga sunod na nangyari. Para akong sako ng bigas na binitnit ng sa palagay ko ay si David. Pinasok ulit nila ko sa pinang-galingang gusali.

"Ibalik nyo ko don! Baka kung ano mangyari sa kanila!" Paki-usap ko pero hindi nila ko pinansin.

May ilang sandali pa bago sila huminto at ibaba ako. Sobrang bigat ng katawan ko at parang hindi ako makahinga.

"Kalagan nyo!" Boses ni Kit at merong nagtanggal ng tali sa kamay ko.

Nanlalambot ako at tuyot na tuyot ang lalamunan ko. Inayos ko ang buhok kong sabog-sabog sa pagmumuka ko. Pinunasan ko din ang muka ko ng palad ko.

Habol ang hininga ko ng tignan ko ang palagid. Nasa loob pa rin kami pero malapit na sa mismong labasan. Nakatayo ang iba sa harapan ko habang inaalalayan naman ng iba sila Mica.

"**Jay-jay.**" Tawag sakin ni Ella. "**...Asan si Aries?**" Bakas ang pag-aalala sa boses nya.

"**N-nasa labas... Hinaharap nila si Sato pati mga natira sa tauhan nya.**"

"**Anong masakit sayo?**" Tanong ni Eren sakin.

Buong katawan ko pati kalooban ko.

Pero hindi ako makasagot. Gusto kong maiyak. Dapat hindi nila ako inalis don, pano ko malalaman kung ayos lang sila?

Baliw si Sato, mas baliw sa mga nakaharap namin o nila dati. Mas malakas pa yata ang tama nya sa isip kesa sakin.

Naramdaman ko ang pagdampi ng panyo sa muka ko. Napapitlag ako pero ng makitang si David ang gumawa non hinayaan ko na din.

"**Bumitaw ka nga!**" Sigaw ni Rakki.

Tinignan ko sila na pilit tinutulak si Ci-N na nakayakap sa bewang nya. Daig pa nya ang tarsier sa itsura nya.

"**Hindi! Nag-alala ako sayo! Hindi ako bibitaw!**" Sagot naman ni Ci.

Napatingin naman ako sa mag-lovers na si Mica at Calix. Magkayakap sila at panay ang halik ni Calix sa noo ng girlfriend nya.

Okay... Ang landi pa rin nila.

"**Sinaktan ka nya no?**" Tanong ni David kaya napatingin ako sa kanya. "**...nagsisimula ng magpasa ang pisngi mo.**"

Wala akong paki sa mga pasa na yan. Gusto kong bumalik sa labas, gusto kong malaman kung okay lang sila. Gusto kong masiguro na matatalo ang Sato na to.

Hindi ko alam kung gano pa kami katagal maghihintay pero lalong

nadagdagan ang pangamba ko ng makarinig kami ng sunod sunod na putok ng baril. Dali-dali akong tumakbo papunta sa pinang-galingan non pero hinarangan ako ni David.

Tumakbo din si Ella kasunod ko pero hinarangan naman sya nila Edrix.

"**Umalis ka dyan!**" Sigaw ko kay David.

"**Dito nalang kayo!**" Sagot ni Denzel.

"**Baka kung ano na nangyari kay Aries!**" Naiiyak na sabi ni Ella.

"**Pasensya na... Laban nila yon.**" Malungkot na sabi ni Rory.

"**Bakit hindi ba ko kasali? Andito nga kami dahil damay kami sa away na yan!**" Hindi ko mapigilan na hindi manlambot.

Napaluhod ako. Eto na naman yung nakakainis na pakiramdam. Yung pakiramdam na parang ang lakas maka-punyeta.

Tang'na! Tang'na talaga!

"**Hayaan nyo na ko! Gusto ko lang masiguro na okay si Aries!**" Pagmamaka-awa ni Ella.

Pero hindi umalis ang mga humarang samin. Pati si Ella hindi na rin nakatagal at napa-upo nalang din sa sahig.

Halos kalahating oras na ang nakalipas. Wala na kaming kahit na anong ingay na narinig sa kanila. Kung ano-ano'ng bagay na rin ang pumasok sa isip ko. Pero hindi naman nakabuti yon.

Naramdaman ko ang pag-upo ng kung sino sa tabi ko. Hindi ko na inabala pa ang sarili ko na silipin kung sino sya.

"**Jay-jay.**" Si Ci-N. "**...may iku-kwento ako sayo.**" Sabi nya pero hindi ako sumagot. "**...Minsan lang kami magka-usap ni Keifer. Pero kapag naka-usap ko sya, laging ikaw ang unang tinatanong nya. Ikaw din minsan ang topic namin.**"

Hindi ako nag-react kahit sa ngayon ko lang nalaman ang bagay na

yon.

"**Lagi syang nag-alala sayo. Iniisip din nya na baka sumuko ka na sa kanya.**" Dagdag pa nya.

Kung alam mo lang Ci...

May ilang beses ko ng ginustong sumuko. Ilang beses kong tinangka pero lagi akong nabibigo.

"**Sabi din nya malaki daw dibdib mo.**"

Agad akong napatingin ng masama kay Ci-N. Nakangiti naman sya ng nakakaloko sakin. Hindi ko tuloy alam kung totoo ba yon o napagtripan lang nyang sabihin.

"**Seryoso?**" Tanong ko.

Umiling sya. "**Joke lang... Gusto ko lang malaman kung okay ka pa o baka nahimatay ka na pala ng hindi namin alam.**"

Napairap ako sa kanya. Buset naman kasi! Akala ko sinabi talaga nya yon. Manyakis pa naman din kasi yon.

"**Pero totoo sinabi nya yon noon. Nung mga unang linggo mo sa Section E.**" Paliwanag na Ci na nagpa-usok sa ilong ko.

Putang'na na talaga ang lalaki'ng yon!

"**Gago! Hindi nga?**"

Tumawa muna sya. "**Lagi kasi syang naka-tingin sayo kaya marami syang napapansin sa katawan mo at kilos mo.**"

Nakatingin sakin? Ewan pero kakaiba yung naramdaman ko sa sinabi nya na yon.

Sabagay, nasa likod ko kasi sya dati kaya hindi ko alam yung pinag-gaga-gawa nya.

"**Humanda sakin yon pagbalik nya.**" Banta ko pero tinawanan lang ako nitong katabi ko.

"**Ang tagal!**" Sigaw ni Honey.

"**Pwede ka ng umuwi kung naiinip ka.**" Sabi ni Felix at agad naman syang inirapan nitong isa.

"**Hinihintay ko si Percy.**" Sabi nya.

"**Ako, wala'ng hinihintay. Can I go home now?**" Inis na tanong ni Freya.

"**S-sabay-sabay na tayo. P-para masiguro na walang mangyayari sa inyo.**" Sabi ni Edrix.

May ilang sandali pang nag-pilitan sa usapang uwian na yan ang mga luko. Matay pauwiin ni Felix si Honey samantalang kabaligtaran naman ang kay Edrix at Freya.

Gusto ko na sana silang sigawan dahil sa ingay nila pero natuon ang paningin ko sa isang bahagi ng gusali. Sa hindi kalayuan ay may nakita akong naglalakad.

Napatayo ako at pinag-masdan yon. Si Percy ang una kong nakita. Merong mantsa ng dugo ang damit nya kaya agad ko syang sinalubong.

"**Percy!**" Tawag ko sa kanya.

Nakangiti naman syang sumalubong sakin. Napayakap nalang ako sa kanya. Nabawasan ng kaunti ang pangamba ko.

"**Anong nangyari? Kanino'ng dugo yan?**" Tanong ko pagkahiwalay sa kanya.

Alam kong hindi sa kanya yon dahil hindi naman naka-sentro sa isang lugar ang dugo.

"**Kuya, okay ka lang?**" Tanong ni Felix na sumulpot sa tabi ko.

Tinignan nya ang damit at ngumiti samin. Handa na sana syang sumagot ng may biglang humawi samin ni Felix para mapalayo sa kausap.

Anak nang...

"**Percy!**" Maarteng tawag ni Honey sa kanya habang naka-amba ng yakap.

Yun nga lang mabilis ang reflexes nitong si Percy. Naitulak nya agad si Honey na parang nagtulak lang ng rebulto.

"**Hm! Impakta!**" Sabi pa nya kasunod non ang malakas na pagtawa ni Felix.

"**Aw... Do you really have to push me that hard?**" Reklamo ni Honey.

Pero wala na sa kanya ang atensyon nitong stepbrother ko. Nakatitig na kasi sya kay Freya na halatang inis na inis.

"**Freyaaaaa!**" Sigaw nya habang tumatakbo at nakataas ang dalawang kamay.

Mukang may pagkakapareho sila nitong si Percy. Mabilis din kasi ang naging kilos nya. Buong lakas nyang tinulak ang lalaki at parang manikang tumaob lang ang naging ayos nya.

"**Don't touch me!**" Maarteng sabi nya.

Agad namang tumayo ang baliw na kapatid ko at parang walang nangyari sa kanya.

"**Tignan mo! May dugo ako...**" Parang bata na sumbong nya habang pinapakita ang damit.

"**So? Lahat tayo may dugo Percy.**" Sarcastic na sagot ni Freya.

Napakamot lang naman sya sa batok habang naka-nguso. Kulang nalang lumuwa ang mata ni Freya dahil sa pag-irap nya.

"**Whatever.**" Dagdag pa nya bago tumalikod at harapin si Edrix na hindi kalayuan sa kanya. "**...You!**" Tawag nya dito. "**...Tutal makulit ka. Samahan mo ko sa labas. Naiinip ako dito!**"

Napa-tango-tango lang si Edrix bago sumunod kay Freya palabas ng

building. Bagsak ang balikat ni Percy na humarap samin pero agad din naman syang ngumiti.

"**Lalo akong nai-inlove sa kanya kapag sinu-sungitan nya ko.**" Buong galak nyang sabi.

Pero hindi yon ang gusto kong malaman.

"**Asan yung iba? Bakit ikaw lang andito?**" Tanong ko.

"**S-si Aries? Asan sya?**" Nag-aalalang tanong ni Ella.

Unti-unti'ng nawala ang ngiti ni Percy. Parang may sumipa sa puso ko at kumirot yon.

Madalas syang magbiro samin pero sa pagkakataon na to, hindi ako natutuwa.

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter: @lareypot
Instagram: @lareypot
Author's FB Page: Lara Flores - eatmore2behappy

Cover V

Maraming salamat sa mga cover/wallpaper/memes/fanart atbp.
Maraming maraming salamat sa inyong suporta sa AMNSE.

9k na!! Congrats sa buong group!
Mag-behave kayo!

Go HVIS Faculty! You can do it!

Thank you sa cover na ito. @Lnmdsn



Thank sa wallpaper na ito Angel Abrazado.

Si-N
Peralta

Thank you sa cover na ito. kretsensoled

Thank din po sa cover na ito. Certified_XX

Thank you sa wallpaper na ito. @Danielle Joy

Thank you din po dito. lenlen_leen



Thank you ng marami dito. From tweeter Mikkhanix

Ang Mutya Ng Section E

by: eatmore2behappy

T

hank you din po dito. @RedSupreme61

JayFer

eatmore2behappy
Jay-Jay
+
Keifer
=JayFer

Ang Mutya ng Section E
By: eatmore2behappy

Maraming salamat dito. @LaziestGoddess

Thank you din po dito. xxchachi


Ang Mutya Ng
SECTION E
CHACHIXXGRAPHIX
BY:EATMORE2BEHAPPY



Thank you po dito. Aliceuntalan26

To be Continue...

Cover VI

Madami to...

Promise. Kayang gumwa ng isang buong libro. Ayoko namang ihiwalay pa dito sa AMNSE dahil baka nyo makita.

Gusto ko nakikita ng lahat, proud ako sa mga Tropa kasi. Hihihi. 😍😍😍

Thank you so much sa cover na ito. OwwGirlBabe

Thank you din po dito. Jackeng_Saranghae

Thank so much for this covers. mekkanicxx

ANG MUTYA NG SECTION E
DARK SIDE

BY:CATMORE2BEHAPPY

ANG MUTYA NG SECTION E



DARK SIDE

BY:EATMORE2BEHAPPY

Ang mutya ng section e
dark side
by:eatmore2behappy

Ang Mutya ng section e

Ang Mutya ng section e

by:eatmore2behappy

DARK SIDE

ang mutya ng section e
by:eatmore2behappy
DARK SIDE

ang mutya ng section e
DARK SIDE
by:eatmore2behappy

ang mutya ng section e
BY:EATMORE2BEHAPPY
dark side

Thank you so much for this coverssss... @parkeiiaaa


ang
EATMORE2BEHAPPY
mutya
ng
SECTION E



Thank sa cover na ito. saisaiJC19

Thank you din sa cover na ito. itsmehatebeys

Thank you din sa cover na ito. Laibegail

Thank you din dito. Jeane Tabanaig

T

hank you din dito. @cutesipanda27

ANG MUTYA NG SECTION E

eatmorezbehappy



To be continue....

Chapter 259

A/N: Torplise means Surprise.

White & Red

Jay-jay's POV

Naririnig ko na ang paghikbi ni Ella mula sa likod ko. Kahit ako gusto na ring umiyak ng malakas. Wala pa namang sinasagot si Percy pero yung seryosong tingin nya ay sapat na para bumigat ang kalooban namin.

"**Asan sya?!**" May halong paki-usap ang boses ni Ella.

"**P-percy... Asan si Aries?**" Tanong ko.

Napayuko sya sandali bago magbuntong hininga. "**Si Aries...**" Panimula nya at ganun nalang ang pigil ko sa paghinga ko dahil baka tuluyan na kong bumigay. "**...si Aries...kasi...**" Tumingin sya sa bandang likod namin. "**...Ayan! Parating na!**"

Lumingon agad ako para tignan ang tinuro nya. Marumi ang damit at may talsik ng kaunting dugo, halos sing-dami lang ng kay Percy. Diretso naman ang lakad at parang walang nangyari'ng masama.

Agad na tumakbo si Ella palapit sa kanya. Mahigpit na yakap agad ang sinalubong nya.

Okay... Yung girlfriend muna, mamaya na yung kapatid.

Nang masiguro kong okay naman sya. Agad kong hinarap ang hayop na Percy. Pero ang hudas mabilis na nakatakas. Tanging ang pagtawa nalang nya ng nakakaluko ang narinig ko.

"**PUNYETA KA PERCING! HINDI NAKAKATUWA BIRO MO!**" Galit na sigaw ko.

"**Mwuhehehehe...**" Lang ang narinig ko galing sa kanya.

Kingina! Muntik na kong lumumpasay dahil sa kaba. Akala ko kung ano nang nangyari sa kapatid ko.

Hinarap ko na ulit si Aries na kayakap pa rin si Ella. Hindi muna ko nagsalita dahil ayoko silang istorbuhin. Masaya na kong malaman na ligtas sya at walang kahit na anong nangyari'ng masama sa kanya.

Ilang segundo lang ang nakalipas ng tignan ako ni Aries. Bumitaw sya kay Ella at agad na lumapit sakin. Hindi naman ako nag-atubili na salubungin sya ng yakap.

"Bwisit na Percy yun! Akala ko kung ano na nangyari sayo!" Sabi ko habang naka-subsob sa dibdib nya.

Mamaya sakin ang baliw na yon.

"Okay na... Tapos na, wala ng mang-gugulo sayo." Bulong nya sakin bago bumitaw sa pagkakayakap. **"...anung nangyari sa muka mo?"**

"S-si Sato yan... Yung kaninang nilayo nya ko sa inyo. Ngayon lang lumilitaw mga marka."

Niyakap nya ko ulit at hinalikan sa noo. **"Patay na si Sato."**

Nabigla ako at napabitaw sa kanya. P-patay na? Panong? Sinong? Teka! Hindi pa ko nakakaganti sa kanya.

Parang ang hirap maniwala. Oo, galit ako sa kanya pero hindi naman ako umabot sa punto na hinihiling kong mamatay na sya. Hindi naman ako ganun kasama. Maldita lang ako.

"S-sinong—?"

"Pinatay nya ang sarili nya." Mabilis nyang putol sa sasabihin ko.

Nagpakamatay ang Gunggong.

"Ano?!"

"Sinabi kasi ni Yuri na tumawag na sya sa Japan Embassy para

ipahuli sya. Mukang ayaw nyang pahuli ng buhay sa dami ng kaso nya." Paliwanag nya.

Napa-tango-tango naman ako. Akala ko isa sa kanila ang may gawa non. Speaking of Yuri napangiti ako kay Aries. Magkakasama sila kanina, ibig sabihin ba non?

"**Hindi na kami magkakabati, kung yan ang nasa isip mo.**" Sagot sakin ng Horoscope kaya nawala ang ngiti ko.

"**Bakit magkakasama kayo?**"

"**Malamang dahil kailangan mo kami. Pero hangang dun lang yon.**"

Ay sayang...

Hinawakan nya ko sa ulo bago umalis at puntahan ulit si Ella. Masaya naman ako para sa kanila, na okay na sila. Pero kailangang laging magka-dikit?

Nawala na ang pag-aalala ko kay Aries, samantalang nabubuset naman ako kay Percy. Kailangan kasi talaga nananakot?

Si Yuri nalang at yung Pesteng Hari nila ang nagpapakabog sa dibdib ko. Bakit ang tagal nila? Hindi ko tuloy maiwasan na hindi mag-isip ng masama.

May ilang beses na siguro akong nagpa-lakad-lakad. Panay din ang tingin ko sa kaparehong daan na dinaanan nung dalawa. Nagbabasakali na maglalakad din don yung mag-tropa.

"**Iihhh... Layo! Kaderder ka!**" Dinig kong sigaw ni Percy na sa palagay ko ay para kay Honey.

Buti nga sayo! Karma yan!

"**Wow, ikaw pa talaga nandiri sakin! Kapal mo!**" Sagot naman ni Honey.

"**Dun ka! Magnanakaw ka ng puri—ARAY!**" Sigaw ni Percy.

Palagay ko nakatikim na ng sampal ang baliw na yon. Halatang naiinip na rin yung iba. Meron pa kong narinig na naghihilik. Si Ci-N naman panay ang bitaw ng pick-up line kay Rakki.

"**Araw ka ba?**" Tanong nya.

"**Bakit...**" Napilitang sagot ni Rakki.

"**Coz you're the center of my solar system.**" Kinikilig namang sagot ng Batang Kumag.

Halata namang sya lang ang kinilig sa sarili nyang pick up line. Buntong hininga lang kasi ang sinagot ni Rakki sa kanya.

Buti pa sila kaya na nilang magsaya. Samantalang ako hindi mapakali dahil sa pangamba. Idagdag pang nagugutom ako. Masama pa naman akong magutom.

Baka mangagat nalang ako bigla.

"**Tatawag na ba tayo ng polis?**" Dinig kong tanong ni Drew.

"**Hintayin muna natin sila Keifer.**" Sagot ni Eren.

"**Kaya nga tayo tatawag ng polis eh. Baka natuluyan na yon.**" Sabi nya at agad akong napatingin sa kanya ng masama. "**...J-joke lang.**" Habol nya ng makita nya ko.

"**Hindi nakakatuwa biro mo!**" Inis na sabi ko. "**...ikaw kaya tuluyan ko?**"

"**Magbiro ka na kasi sa lasing... Wag lang kay Jay-jay na nag-aalala.**" Singit ni David.

Tumalikod na ko sa kanila. Hindi nakakatulong ang mga Ulupong na to. Lalo lang nadagdagan ang takot ko. Gusto ko ng pumunta don pero panu ko gagawin yon kung tuwing hahakbang ako palapit haharang na agad sakin sila Kit at Mayo.

Ilang beses ko ng hinilamos ang mga kamay ko sa muka ko. Naiinis na ko! Gusto ko na namang maiyak.

Buset kasing Sato yan! Dapat hindi ka na-deds eh. Hindi pa kaya kita nasasabunutan. Ang sakit ng anit ko sa ginawa nya. Hindi pa ko nakakaganti. Isang kutos man lang sana.

Isang pitik lang sa ngala-ngala, oks na.

Muli kong binalik ang tingin ko sa pinang-galingan nila Percy at Aries kanina. Para akong nabawasan ng pasan ng makita kong naglalakad si Yuri palapit samin.

Napangiti ako at handa na sana syang salubungin ng makita ko ang damit nya. Ang daming dugo, sobrang dami na iisipin mong galing sa kanya sa unang tingin.

Napalunok ako. Hindi ko pa pala kaya. Akala ko mababaliwa ang takot ko sahil sa pag-aalala pero mukang nagkamali ako. Kanina kasi hindi ko na pinansin ang damit nila Aries at Percy. Puro talsik lang kasi ang nasa damit nila kaya hindi ko agad kinatakutan. Pero yung kay Yuri.... sobrang dami.

Nakangiti akong sinalubong ni Yuri pero ng mapansin nyang nakatitig ako sa suot nya. Huminto kagad sya.

"**S-sayo ba y-yang dugo?**" Nag-aalala kong tanong pero bakas pa rin ang takot.

"**No, it's not mine.**" Sagot nya at hinubad ang polo pero nasa pati panloob nyang tshirt meron ding dugo.

Nagkatinginan kaming dalawa. Pareho naming hindi alam kung anong dapat sabihin at dapat gawin. Alam naman kasi nya yung problema ko tuwing nakaka-kita ng dugo.

"**G-gusto sana kitang y-yakapin.**" Sabi ko habang umiiwas ng tingin. "**...nag-alala k-kasi ako sayo.**"

Napaiwas din sya ng tingin. "**G-gusto ko din yon.**"

Eh pano nga?

Sandali nyang tinignan ang damit at parang merong pumasok na ideya sa isip nya. Binitiwan nya ang polo at hinubad ang tshirt.

Nanlaki ang mata ko. Topless ang Gago. Ang masama pa nito, na-istak na ang mata ko sa katawan nya. Ilang beses ko ng nakita ang katawan nya pero ewan ko ba. Parang bago ng bago sakin.

Pengeng palaman please!

Wala na kong narinig na salita mula sa kanya. Mabilis at malalaki ang hakbang nya palapit sakin. Para bang nagmamadali at meron syang hinahabol na oras.

Isang kurap lang at nakasubsob na agad ako sa dibdib nya. Mahigpit na nakabalot sakin ang bisig nya.

"**Please ignore the fact that I'm topless.**" Sabi nya.

Panu ko babaliwalain? Ang enet ng katawan nya. Pero hindi naman yun yung mahalaga. Gusto ko lang maramdaman na nya na nag-alala ako sa kanya at alam kong ganun din sya.

"**Currently ignoring.**" Sagot ko at bahagya syang natawa. "**...bakit ang tagal nyo? Kanina pa nakabalik sila Percy at Aries.**"

"**Sorry, kailangan ko kasing tumawag sa embassy namin at pati na rin kay *Otosan*.**"

"**Tinakot nyo ko.**" Sabi ko at yumakap ng mahigpit sa kanya.

Hindi na sya nagsalita pero naramdaman ko ang paghalik nya sa noo ko. Ewan ko pero parang kakaiba na yung yakap nya sakin. Parang bang meron syang nararamdaman na takot.

Tatanungin ko na sana pero epal tong mga Ulupong na to. Bigla nalang silang sumigaw ng kung ano-ano.

"*Ang laswa naman!*"

"*Maraming inosente dito!*"

"*Grabe! Mahiya naman kayo!*"

"*Ang halay nitong dalawa na to!*"

"*Wag mo sila tignan Mica!*"

Wala naman sana kaming balak pansinin sila pero bigla nalang tumayo si Ci-N malapit samin. Nanlalaki pa ang mata nya habang nakaturo sa parehong pinang-galingan nila Percy, Aries at Yuri.

"Si Keifer! Si Keifer!" Sigaw nya at mabilis pa sa segundo kaming naglayo ni Yuri.

Sabay din naming tinignan ang tinuro nya. At halos mapasigaw ako.....*kingina!*

Wala namang tao don sa tinuro nya! Hayop! Muntik ng malaglag ang puso ko sa takot—at bakit naman ako matatakot? Eh sya tong may kasalanang matindi sakin.

Oo nga! Oo nga!

Agad kong hinarap ang batang kumag pero mabilis ng nakatakas ang Ulupong. Nagawa pa nyang tumawa ng malakas kasabay ng mga kapwa nya.

"Isa ka pa! Pagbubuhulin ko kayo ni Percy!"

Speaking of Keifer. Bakit nga pala wala pa sya?

"Yuri..." Tawag ko sa kanya na kasalukuyang dinadampot ang mga damit nya. **"...may nangyari ba kay Keifer? Bakit wala pa sya?"**

Hindi man lang tumingin sakin si Yuri. Lumapit sya sakin habang hawak ang mga damit. Tinapik nya ko sa balikat habang may malungkot na mga mata.

"B-baka may kinausap lang. Kaunting antay lang." Sabi nya at nagpilit ng ngiti.

Gusto ko pa sanang magtanong sa kanya pero nilagpasan na nya ko. Halatang ayaw na nyang makipag-usap pa.

Hindi ko alam kung hihingi ba ko ng tawad sa kanya. Alam ko kasing nasaktan ko sya. Pero kapag ginawa ko yun parang inamin ko na rin na sinasadya ko yun.

Pinili ko nalang tumahimik. Ayoko ng dagdagan ang sama ng loob nya. Ayoko ding masaktan pa sya lalo.

Nag-aalala ako kay Keifer pero mas nangingibaw sakin si Yuri ngayon. Masyado na syang maraming sina-kripisyo para sakin. Masyado na syang nasasaktan.

Kailangan kong masiguro na okay sya.

Sa medyo malayo sa mga Ulupong tumigil si Yuri para magbihis. Naglakad ako palapit sa kanya pero hindi pa nakakalayo ng marinig ko ang pangalan ng taong kanina ko pa rin hinihintay.

"*Si Keifer....*"

Akala ko nung una pinagti-tripan na naman nila ko pero ng makarinig ako ng yabag ng sapatos napatigil ako. Mabagal lang ang bawat hakbang pero mabigat.

Unti-unti akong lumingon. Parang sumabay ang tibok ng puso ko sa bawat hakbang nya. Nawala na sa isip ko ang balak ko gawin.

Sa hindi kalayuan suot na ang coat nya, wala man lang bakas ng dugo ang luko. Nakabalot ang necktie sa kamao sa kanang kamay nya na mukang ginamit nyang panuntok.

Ganun pa din naman ang ayos ng muka nya. Parang hindi naman sya nakipag-away.

Eto na naman ako. Kakaiba na naman ang nararamdaman ko. Bakit ba ko nagkakaganito tuwing nakikita sya? Hindi naman ako ganito dati. Gusto kong maiyak pero gusto ko ding sumaya dahil kaharap ko na sya. Gusto ko syang yakapin pero gusto ko din syang sapakin.

Masisiraan na yata ako ng ulo ng dahil sa lalaking to!

"**Keifer...**" Tawag ni Ci-N sa kanya habang sinasalubong sya.

Huminto si Keifer sa kaninang kinatatayuan ko kung saan ko sila hinihintay. Meron silang pinag-uusapan na hindi namin marinig.

Tumingin sya sandali sakin pero wala man lang syang naging

reaksyon. Parang may tumusok sa puso ko.

Hudas ka talagang animal ka!

Natapos ang usapan nila ni Ci at naglakad na naman sya pero papunta na sa labasan kung saan dumaan sila Freya kanina. Hindi ako makagalaw sa kinatatayuan ko.

Hangang sa dumaan sya sa harapan ko at lagpasan ako. Wala man lang sulyap?! Nilagpasan na parang hindi nya ko kilala.

Tang'na! Multo na lang ba ko at hindi nya nakita?!

"**Ay... Di-nedma si Jay-jay.**" Sabi ni Drew na nagpataas ng kilay ko.

Parang feel kong manapak. Kung hindi ba naman. Alam ko! Alam kong hindi ako pinansin. Hindi na kailangan pang ipamuka. Kulang nalang pa-tarpauline pa ng Gago at itapal sa muka ko.

Napairap nalang ako kay Drew. Tanging mga mata ko nalang ang sumunod sa Hari ng mga Ulupong. Yun nalang ang kaya kong gawin. Hindi ko na sya kaya'ng habulin.

Pero mabilis na nagbago ang isip ko nang makita ako ang ginawa nya ng dumaan sya sa harap nila Aries at Ella. Lumingon sya, sinilayan nya! Tinignan nya si Ella Dianne.

Tinignan nya! Tinignan nya oh! Tinignan!

TINIGNAN NYA YUNG EX-GIRLFRIEND NYA! Woah! Ginagalit ako ng putang'nang to! Ako nilagpasan lang pero yung ex tinignan. Ano na?! May nagaganap bang hindi ko alam?!

Ako hindi ako selosa'ng tao. Hindi ako mabilis magselos. Hindi talaga. Hindi. HINDI! Bakit ako magse-selos? May kaselos-selos ba? Meron ba? MERON BA?! Lumingon lang naman! Lumingon sa Ex pero ako tong matay nyang pangakuan at sabihan ng mahal nya nilagpasan lang.

"**Ayos ka lang Jay? Nata-tae ka ba?**" Tanong ni Eren na habang pinag-mamasdan ang muka ko.

Wala akong paki sa sinasabi nya sakin. Naiinis ako eh! Naiinis ako kasi hindi naman dapat ako naiinis pero naiinis ako. Ang lakas maka-Gago non.

Kapag kasi Ex na hindi na dapat pinag-seselosan yan. Tapos na kasi, wala na eh. Ex na nga diba? Yung salitang *Ex* kasi ginagamit pang specify ng *DATING* position or lugar. Kaya wala na dapat pang problemahin.

EH NILINGON!

TANG'NA! NILINGON PRE! Ibang usapan na yan! Ex na nga diba? Kaya bakit lilingunin pa. Baka gusto'ng hindi na makalingon habang buhay. Baliin ko na kaya leeg nito?

"**Pisti ka talaga...**" Bulong ko.

Sa sobrang inis ko na talaga, hinubad ko ang sapatos ko at binato sa kanya. Sapul yon sa likod nya dahilan para huminto sya sa paglalakad.

"**Jay!**" Sita sakin ni Yuri.

Hindi ko sya pinansin at kinuha pa ang isang sapatos ko para ibato ulit. Sapul naman yun sa ulo nya dahilan naman para mapayuko sya.

Huli ko na napansin na lahat sila nakatingin sakin. Pati si Aries na salubong na salubong ang kilay. Si Percy na na-tanga nalang sa ginawa ko.

"**Ay Jay... Magka-iba medyas mo!**" Puna ni Ci habang natatawa.

Ay...wow! Thank you for mentioning!

Lahat sila nakatingin na ngayon sa medyas ko na magka-iba. Isang kulay puti at isang kulay itim. Sumisilip na rin ang hinliliit ko sa kanang paa. Malay ko bang butas pala yon.

Inalis ko nalang din pareho ang medyas ko kesa naman maging tampulan pa ng tukso sakin. Binato ko din yon sa Hari nila.

"**Yan! Kainin mo!**" Sigaw ko sa kanya. "**...bwisit ka! Magpapakita tapos ganun nalang? Walang pansinan!**"

Unti-unti syang dumiretso ng tayo. Malalim ang naging buntong hininga nya. Humarap sya sakin na may seryoso'ng mga mata. Wala naman akong nababakas na galit.

Wala syang K na magalit sakin!

Nagawa pa nyang pulutin ang mga sapatos at medyas ko. Inabot nya yon kay Felix na pinaka-malapit sa kanya.

"**Done?**" Tanong nya na walang halong emosyon.

Hindi ako nakasagot. Para akong napahiya sa isang salita na yon. Lalong nag-init ang ulo ko sa kanya. Gusto'ng-gusto ko na syang sugurin pero ayaw naman humakbang ng mga paa ko.

"**...Kung tapos kana aalis na ko.**" Dagdag nya at tangkang tatalikod sakin.

Ay punyeta ka talaga!

"**Dyan ka magaling! Tumalikod at umalis!**" Sigaw ko at huminto sya. "**...Sige na! Alis na! Yan lang naman kaya mo! Kasuntukan mo nga lang kaya mong harapin!**"

"**J-jay... Tama na.**" Dinig kong awat ni Rory.

"**Hayaan mo muna si Keifer baka may importanteng aasikasuhin lang.**" Dagdag ni Denzel.

"**Talaga ba?!**" Sarcastic na sagot ko. "**...aasikasuhin? O tatakasan?**"

Tinignan na naman nya ko pero sa pagkakataon na to may emosyon na kong nakikita sa kanya. Hindi ko masabi kung ano pero alam kong hindi sya natutuwa sa mga sinasabi ko.

Kahit ganun, nagpatuloy pa rin ako sa pagsasalita.

"**...hindi mo pa nga ako hinaharap tungkol sa mga kalokohan**

mo sakin! Tapos aalis ka na naman? Ano? Ganun na naman? Maghihintay na naman ako? Hanep yan!"

"Hindi siguro to ang magandang oras para pag-usapan yan." Seryosong sabi ni Percy na pinagtaka ko.

Minsan lang magseryoso yan at madalas hindi pa maganda ang dahilan. Kahit ganun pinili kong hindi nalang sya pansinin at harapin pa rin ang Demunyung Hari.

"Kung aalis ka, umalis ka na." Mahinong sabi ko. **"...pero hindi ko mapapangako na may babalikan ka pa."**

Dahil hindi ko alam kung kaya ko pa.

"Done?" Tanong na naman nya na mas lalo kong kina-irita pero sa halip na murahin sya, tanging pagtango nalang ang nagawa ko.

Akala ko aalis na sya. Akala ko tatalikod na sya para iwanan na naman ako. Pero nagkamali ako.

Parang may kung anong pumitik sa utak nya. Malalaki ang hakbang palapit sakin at seryoso'ng-seryoso. Hahakbang pa sana ako paatras pero nahawakan agad ng dalawang kamay nya sa muka ko.

"You talk to much." Sabi nya at mabilis na pinagtagpo ang mga labi namin.

Narinig ko ang pag-re-react ng mga Ulupong at iba pang nakaka-kita samin. Pero wala ng ibang pumapasok sa isip ko. Ang alam ko lang, kasama ko sya. Oras namin to at samin lang ang pagkakataon na to.

Walang E-EKSENA!

Pero panandalian lang pala ang lahat. Unti-unti kong naramdaman ang pagbigat ng katawan ni Keifer. Wala pang segundo at kusang bumagsak ang katawan nya sakin. Dahil na rin sa sobrang bigat nya kusa kaming bumagsak sa sahig.

"KEIFER!" Malakas na sigaw ko.

May hindi tama! Bakit ganito?

Agad na nagtakabuhan ang mga Ulupong palapit samin. Sinubukan nilang iangat si Keifer para maka-alis ako. Agad ko syang tinignan ng maka-kilos ako ng maayos.

Wala syang malay, putlang-putla ang mga labi. Hindi ko maintindihan! Maayos naman syang naglalakad kanina.

"**Keifer! A-anung nangyayari? Dumilat ka!**" Sabi ko habang tinatapik ang pisngi nya.

Tang'na ka! Hindi pa kita nasisingil!

"**Padaanin nyo ko!**" Boses ni Yuri habang tinataboy ang mga Ulupong na nakaharang.

Lumuhod sya sa harap ni Keifer at pilit syang pinadapa. Nagtataka man hinayaan ko nalang sya dahil baka mas alam nya ang dapat gawin.

Tinaas ni Yuri ng coat nya at napatigil ako ng makita ang dahilan ng lahat. Umaagos ang dugo mula sa likod nya. Buong akala ko wala syang galos o sugat sa nangyari kanina, pero mukang sinadya nya to para hindi namin malaman.

Sinira nila ang damit ni Keifer at dalawang tila butas sa balat nya ang bumungad samin. Umaagos ang dugo na parang tagas sa tobo ng gripo.

"**Ci-N!**" Tawag ni Yuri. "**...Anong gagawin ko?**"

Tarantang lumapit si Ci sa kanya. "**P-pressure... Kailangan p-pigilan ang pagdurugo!**"

Hinubad ni Yuri at Ci ang parehong polo nila at binalunbon yon. Sabay nilang diniin sa sugat ni Keifer yon.

"**Someone call an ambulance!**" Sigaw ni David.

"**Ginagawa ko na!**" Sagot ni Percy.

Habang abala sila sa pagtulong sa duguang Hari, eto ako at hindi makagalaw. Nakatingin lang sa mga kamay ko na hindi ko namalayan na nalagyan pala ng dugo. Sariwa'ng-sariwa at nalalanghap ko pa ang malansang amoy nito.

Gumalaw ka! Kailanga ka ni Keifer!

Hindi ko kaya. Nahihilo ako, parang babaliktad ang sikmura ko. Sobrang dami ng dugo pakiramdam ko may mamamatay. Ayoko ng ganitong pakiramdam. Ayaw mawala ng pangi-nginig ko na hangang kaloob-looban ko na yata.

"**JAY! ANONG GINAGAWA MO!**" Galit na sigaw sakin ni Yuri. "**...Tulungan mo kami dito!**"

Sunod-sunod akong napa-iling. "**H-hindi ko k-kaya... I-ilayo nyo sya s-sakin.**"

Ramdam ko ang pagtingin ng lahat sakin. Puno ng pagtataka at panghuhusga.

"**...n-nakiki-usap a-ako.**"

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter: @lareypot
Instagram: @lareypot

Author's FB Page: Lara Flores - eatmore2behappy

Chapter 260

A/N: Meron pa isa. Bukas nalang siguro yon.

Pay him a visit

Jay-jay's POV

Hindi ako nagbago. Hindi ako nawalan ng malay. Hindi ako nanakit ng hindi ko alam. Pero bakit?

"**Jay-jay.**" Tawag sakin ni Kuya Angelo.

Ay palaka!

Hindi ko namalayan ang pagdating nya. Akala ko isa lang sya sa mga nurse at doctor na labas masok sa kwarto namin.

"**Ha?**" Ang tanging nasagot ko sa kanya.

"**Where is Aries?**" Tanong nya habang binaba ang dala nyang briefcase sa sofa malapit sa kama ni Aries.

"**S-sa canteen. Kasama si Ella.**"

Naglakad si Kuya palapit sakin at naupo sa kama ni Aries na katabi lang ng kama ko. Muka na naman syang pagod na pagod sa trabaho.

Pero syempre gwapo pa rin.

"**Sorry Jay... Hindi kita nabantayan ng maayos kaya nangyari to.**"

Mabilis akong umiling. "**W-wala kang kasalanan. Yung Sato ang may gawa nito kaya andito kami ngayon sa ospital.**"

Kahit kung tutuusin hindi naman dapat kami na-confine. Mapilit lang talaga tong sa Kuya. Nang makita nya ang parehong itsura namin ni Aries kulang nalang ipa-ICU nya kami.

Kaya si Kuya nga ang may kasalanan kung bakit kami nasa Ospital. *Mind blowing!*

"**Bakit pumunta ka dito? Pwede ka namang umuwi na muna.**" Sabi ko ng mapansin ko ang pagpisil nya sa sintido nya.

"**Yung Sato...**" Panimula nya. "**...ka-kilala pala ni Tiger.**"

Anak nang... Si PPAP?!

Nanlaki ang mata ko sa sinabi nya. Yung lukong yon na may-ari ng Kingsground. Gagawin kong itim ang dilaw nyang buhok.

"**P-panung?**"

"**Maraming kilala ang luko na yon. Hindi na ko magtataka kung magkakilala sila.**" Napabuntong hininga sya.

Kakilala? Eh hindi nga makatanda ng pangalan ang maayos ang ugok na yon. Kinain na ata ng kabaduyan nya ang utak nya.

Pinagmasdan ko ang tila problemadong muka ni Kuya. Para bang meron syang iniisip na malalim. Para bang nagpipigil ng utot o dighay.

"**M-may problema ba?**"

Umiling sya at nagpilit ng ngiti sakin. "**Nothing serious.**"

Hindi ako kumbinsido sa sagot nya. Pakiramdam ko may malalim na problema. Kinakabahan ako. Baka kung ano naman ang ka-abang-abang na magaganap sa buhay ko.

Shit! Baka nanalo ako sa lotto ng hindi tumataya!

"**Kuya... Yung totoo? Pinapakaba mo ko.**"

Tinignan nya ko ng seryoso at dun ko napagtanto na mukang may hindi magandang tumatakbo sa isip nya.

"**Iniisip ko kung pano ko babasagin ang bungo nya.**" Seryoso'ng sabi nya. "**...sya nagbigay ng information kay Sato tungkol sa**

inyo."

Tarantado!

Napakurap-kurap ako. "**Ilabas mo na ko dito. Please lang.**"

"**Why?**" Pagtataka nya.

"**Ako babasag sa bungo ng lintik na Tiger na yon! Traydor ang hayop!**" Inis na sabi ko.

Napailing si Kuya. "**Hindi sya traydor.**"

"**Anong hindi? Eh sya nga tong nagbigay ng info tungkol samin!**"

Kaya yata nadamay sila Rakki at iba pa kahit hindi naman talaga kailangan. Baka kung anong sinabi nya sa Sato na yon. Syempre bugok tong isa kaya naniwala naman.

Sumalangit nawa!

"**Tiger is talkative. He's like a walking newspaper. Sa tingin ko, naidaldal nya kayo ng hindi sadya.**" Paliwanag ni Kuya.

Kahit hindi sadya hindi pa rin dapat sya nagbibigay ng info ng ganun. Panu kung sa susunod si Kamatayan na talaga ang magtanong sa kanya. Baka yun pa ang maging mitsa ng buhay namin.

"**Sasampalin ko pa rin sya!**"

"**Ako na gagawa para sayo.**" Sagot nya.

"***Haizt*!" Sigaw ko habang ginugulo ang buhok ko dahil sa inis.

Consistent naman ang Sato sa pagkuha ng info tungkol samin. Kaya pala parang alam na alam ng Gago ang dapat gawin. Kaya pala parang alam nya lahat ng pwede naming puntahan.

"**I heard what happened to you.**" Biglang sabi nya dahilan para matigilan ako.

"A-ang alin?"

"Nataranta ka na naman nung nakakita ka ng dugo."

Umiwas ako ng tingin. Ayokong pag-usapan. Kahit si Aries kinukulit din ako tungkol don pero pinili ko lang na wag syang sagutin.

Mukang nahalata naman ni Kuya ang ginagawa ko. Malalim na buntong hininga ang pinakawalan nya.

Tumayo sya at naglakad palapit sa pinto. **"Puntahan ko lang sila Aries."**

"S-sige."

Tanging pagsara nalang ng pinto ang narinig ko. Pabagsak akong nahiga sa kama at tinitigan ang kisame.

Nakaginhawa ako na hindi ako nagbago matapos makakita ng dugo. Pero bakit? Yun ang tanong na umiikot sa isip ko matapos kaming pare-parehong isugod sa Ospital.

Nung oras na yon, gusto kong lumayo sa kanila'ng lahat. Sa kanya....*kay Keifer.* Gusto ko talaga syang tulungan. Gusto kong gawin ang ginagawa nila Yuri pero nanaig sakin yung takot. Yung takot sa dugo at yung takot na baka magdilim ang paningin ko at may magawa ako na hindi ko alam.

Napatagilid ako ng higa. Nahihiya ako sa kanya. Matapos nya kong iligtas yun pa ang gagawin ko sa kanya.

Ang kapal ng muka ko.

Hindi na ko nahiya sa kanya. Nabaril sya ng dahil sa pagliligtas nya samin tapos yun ang magiging asta ko. Kaya wala na sakin ang panghuhusga ng mga Ulupong. Karapatan nila yon at deserve ko naman.

Kahit nag-aalala ako sa kanya at gusto'ng gusto ko syang makita minabuti kong wag nalang. Dito nalang siguro ako sa kwarto namin at makikibalita nalang.

"**Psst!**" Paswit ng kung sino.

Nanigas ako sa kinahihigaan ko. Walang ibang tao sa kwarto kundi ako. Kaka-alis nga lang ni Kuya Angelo. Kaya walang taong pwedeng pumaswit dito.

"**Psst! Jay-jay.**" Pabulong pang tawag nito sa pangalan ko.

Napakapit ako sa kumot na nakabalot sakin hangang tyan. Jusko! Kaya ayokong tumatambay sa ospital dahil sa mga gantong pangyayari.

Hangang sa nakaramdam ako ng presensya ng kung sino sa likod ko. Lumapit na sakin yung ako namang paswit ng paswit na yon. Napapikit ako ng matindi!

Punyeta ka! Wag ka na magpakita sakin!

Bigla nalang may humampas sa braso ko. Napasigaw ako ng malakas at muntik ng napatalon sa kinahihigaan.

"**LUMAYO KA SAKIN! MULTO!**" Sigaw ko habang nagpapa-pasag.

"**Multo ka dyan!**" Sabi ng pamilyar na boses kaya tumigil ako tinignan sya.

Mas tamang sabihing SILA.

Nakangiti ng malapad sa tabi ko ang Batang Kumag. Kasama nya si Felix na nakatayo sa hindi kalayuan at syempre ang kapatid nyang may tangay laging aircon.

"**Hindi mo ba narinig pagkatok namin at pagbukas ng pinto?**" Tanong ni Felix habang natatawa.

"**Syempre hindi. Wala sa sarili eh.**" Si Percy na ang sumagot para sakin.

Lumapit sya sa kama ni Aries at nahiga. Wag lang syang abutan ng Horoscope at baka tamaan sya. Umupo naman sa tabi ko si Ci kaya naupo na rin ako.

"**Akala ko tulog ka.**" Sabi nya.

"**Hindi nga ako makatulog dito. Gusto ko na umuwi.**" Reklamo ko. "**...bakit nga pala kayo nandito?**"

Nagtinginan ang tatlo bago ako muling harapin at sagutin.

"**Gising na sya.**" Nakangiting sabi ni Ci. "**...Hinahanap ka nya.**"

Napaiwas ako ng tingin. Masaya akong malaman na gising na sya pero hindi ko sya kayang harapin. Hindi na siguro.

"**P-paki sabi nalang na nagpapahinga ako.**" Sabi ko sa kanila.

"**Hindi pwede!**" Mabilis na sagot ni Felix.

Pinagtaasan ko sya ng kilay.

"**Pinapa-sundo ka nya.**" Boring na sabi ni Percy habang naka-pikit. "**...kung hindi ka daw pupunta don, sya pupunta dito.**"

Ang tigas talaga ng ulo ng isang yon.

"**Kaya sumama ka na! Pinag-dala ka namin ng wheelchair.**" Nakangiting sabi ni Ci habang nakaturo sa tabi ni Felix.

Nagsalubong ang kilay ko. "**Ano ako? Lumpo!**"

"**Dapat kasi maingat ka naming madala sa kanya.**" Sabi ni Felix.

"**Sabi sa inyo balutan nalang natin sya ng bubble wrap.**" Si Percy habang nagkakamot ng paa sabay amoy sa daliri nya.

Kadiri naman to!

"**Tapos lagay na rin natin sa balik bayan box. Talino!**" Sarcastic na sabi ni Ci sa kanya.

Natampal ko nalang ang noo ko. Alam ko na kasi kung saan papunta ang usapan nila. Maging si Felix napabuntong hininga nalang.

"**At least ako may ideya sa salitang ingatan. Eh ikaw?**

Wheelchair? Ginawa mo pang lumpo si Jay-jay!" Inis na sabi ni Percy habang nakaturo kay Ci.

"**Kesa naman sayo, O.A! Ginawa mong bagahe si Jay-jay!**" Hindi magpapatalo tong Batang Kumag.

Parang batang malapit ng matalo sa away si Percy. Tumayo pa sya mula sa pagsalampak sa kama at dinuro-duro si Ci.

"**I-ikaw!**" Inis na sabi nya pero wala ng maiduktong. "**...PANDAK!**"

At nagka-personalan na nga!

Kita ko ang panlalaki ng butas ng ilong ni Ci. Mukang napikon na rin sa sinabi ni Percy. Tumayo sya ng maayos para lang makabwelta sa kaaway.

"**SUPOT!**" Ganti nya.

Bigla nalang hinawakan ni Percy ang sinturon nya at akmang tatanggalin.

"**Gusto mo magpakitaan tayo dito?!**" Hamon nya.

Mabilis kong dinampot ang unan ko para takpan ang mga mata ko at agad naman syang sinita ni Felix.

"**Oy! Oy! Oy! Sira ba ulo mo?! May babae dito!**" Sigaw nya kay Percy.

"**Eto kasi!**" Parang batang turo nya kay Ci at inayos ang sinturon nya sa pagkakasuot. "**...maka-supot ka dyan!**" Dagdag nya habang nakatingin ng masama sa Batang Kumag. "**Kung tutuusin ikaw nga ang supot dahil hindi ka pa rin tumatangkad.**"

"**15 pa lang kaya ako!**"

"**Hoy! Hindi ako ganyan nung 15 ako!**"

"**Oo nga, balita ko nga ikaw pinaka-maliit sa inyo.**" Singit ni Felix habang nakatawa.

"**Matangkad na ko non!**" Dipensa nya.

Napailing nalang ako sa kanilang tatlo. Ayaw talaga nila magpa-awat. Nagsimula sa lintik na panunundo sakin tapos nauwi sa patangkaran. Sumasakit ang ulo ko sa kanila.

Mga baliw!

"**Pwedeng dun nalang kayo sa labas magtalo? Nahihilo ako sa inyo.**" Sabi ko at sabay-sabay naman silang tumingin sakin.

"**Tatawag na ba ko ng doctor?**" Tarantang tanong ni Percy.

Inirapan ko naman sya. "**Lumabas nalang kayo, mas magiging okay pa ko.**"

"**Panu si Keifer?**" Tanong ng Batang Kumag.

"**Sabihin mo nalang pupunta ako mamaya kapag naging okay na ko.**" *Kapag kaya ko na syang harapin.*

"**S-sige. Pahinga ka muna.**" Sagot nya at naglakad na palabas kasunod si Felix at Percy.

Sa wakas! Natahimik na ulit ako!

Inayos ko ang unan ko at nahiga ulit. Balak ko sanang matulog ulit pero nararamdaman ko ang pagkalam ng tyan ko. Nagugutom na ko, hindi magandang senyales yon.

Ang tagal naman kasi kila Aries, ang usapan ibibili nila ko ng pagkain. Hangang ngayon wala pa rin. Pinuntahan na sila ni Kuya pero pati sya wala pa rin.

Narinig ko ang ang pagtunog ng cellphone ko na nasa bedside table. Nahanap na, salamat sa mga Ulupong. Napulot daw nila sa School ground kung saan kami nagkabungguan ni Freya. Kinuha ko yon at bumungad ang pangalan ng *GagongBaliw*.

From: *GagongBaliw*
Message: *Can't wait to be with you!*

Eto na naman sya. Ang tyaga pa rin nyang magtext kahit hindi ko naman sya ni-re-replyan. Pinag-masdan kong mabuti yung text nya binalikan ko din yung mga dating conversation namin.

Sa bawat mensahe nya, sumasampal talaga sakin na si Keifer sya. Pero pano mangyayari yon? Nung birthday nya, may picture sya mula sa GagongBaliw na to.

May isang paraan pa ko kung panu malalaman kung sino ka. Pero malaki ang magiging kapalit non. Malaking halaga ng Load.

Saan kaya ako pwede magpa-load?

Tinignan ko muna yung Balance Inquiry, nagbabakasali na may Load ako kahit piso. Itetext ko nalang si Kuya na ipaLoad ako.

Habang naghihintay bigla nalang bumukas ng pabalibag ang pinto. Daig pa may kaaway sa ginawa nya. Napa-igtad ako sa gulat at muntik ko pang mabitawan ang cellphone ko.

"**Anak nang...**" Pabulong kong sabi habang hinihintay magpakita ang walanghiya'ng nagbalibag sa pinto.

At hindi naman ako naghintay ng matagal dahil lumitaw ang.....*Bubuyog!*

"**Asan si Percy?!**" Galit na tanong nya habang tuloy-tuloy sa pagpasok.

Hindi na nya hinintay ang sagot ko. Tinignan agad nya ang paligid at binuksan din ang pinto ng banyo. Ano na naman kaya ito?

"**Asan ang Percy na yon?!**" Tanong nya sakin habang palapit.

Napataas ang kilay ko dahil sa suot nya. Naka-trench coat ang Gaga habang hawak ang malaki at mamahalin nyang bag. Malamig ba sa Pinas? Malakas ba ulan?

"**H-hindi ko alam. Bakit ganyan ang suot mo?**" Sabay turo sa suot nya.

Hinigpitan nya ang pagkakatali nung belt sabay irap sakin.

Problema ba nito? Sabunutan ko kaya!

"**Bwisit kasing Percy yon! Sinuot ko pa naman ang favorite costume ko para sa kanya tapos tinaguan na naman ako!**" Sabi nya na parang malapit ng umiyak.

Medyo nakaramdam naman ako ng awa. Panay nga naman kasia ang effort nya para kay Percy pero panay din naman syang tinataguan.

Sira-ulo din naman kasi ang isang yon. Kausapin nalang kasi nya ng masinsinan tong isa ng hindi na sila naghahabulan at nagtataguan.

"**Bakit ka pa nag-costume? Baliw ka ba?**"

Inirapan na naman nya ko. "**Malamang para kay Percy.**"

Bahagya akong umubo at nagseryoso. Kung hindi kayang gawin ni Percy ako nalang ang gagawa para sa kanya. Nakaka-awa din kaya si Honey.

"**Alam mo... Kung ako sayo tigilan mo na si Percy. Kinakawawa ka lang nya, hindi mo ba napapansin?**"

Agad nya kong tinignan ng masama pero hindi naman sya nagsasalita. Nagpatuloy ako.

"**Hindi tayo magkaibigan at hindi rin dapat ako nakiki-alam sayo. Pero kasi nagmumuka ka ng ewan sa harap namin. Pinagtatawanan ka nalang ng iba. Sayang yung ganda mo kung ipag-papatuloy mo yan.**"

Pero syempre mas maganda ako!

Hindi pa rin nya inaalis ng tingin nya sakin. Hangang sa napansin ko ang pagtulo ng luha sa isang mata nya. Mabilis naman nyang pinunasan yun.

"**Kainis kasi!**" Sabi nya at padabog na naupo sa kama ni Aries. "**...Gusto ko kasi talaga sya. Minsan lang ako magka-gusto sa isang tao.**" Parang batang sabi nya. "**Hindi ko talaga ugaling gawin to! Sa kanya ko lang ginawa to!**"

Binaba nya ang malaking bag sa tabi at merong kinuha don. Puting tshirt at short short.

Tinignan ko yung pinto ng kwarto at buti nalang na nakasara na yon. Hinubad nya ang suot na coat at nakita ko ang talagang suot nya.

Naka-bunny costume ang Gaga.

Bakit parang pamilyar to sakin tong suot nya? Napaisip ako sandali.

Bunny? Bunny? Bunny?! BUNNY?!

Putang'na! Nung Halloween party last year. Dun ko nga pala sya unang nakita! Hindi dun sa dinner nung birthday ng girlfriend ni Keigan.

Pero teka, meron akong biglang naalala.

"**Honey...**" Tawag ko sa kanya habang pilit nyang inaabot ang zipper ng suot na damit. "**...Naalala mo nung nagkita tayo nung Halloween Party, last year?**"

Tinignan nya ko sandali. "**Nagkita ba tayo non?**"

"**Oo... Tapos nung sunod nating pagkikita sa Dinner na nung birthday ng girlfriend ni Keigan.**"

"**Oo, yung sinuntok mo ko! Muntik pa kong tumakbo sa plastic surgeon non.**"

Pilit pa rin nyang inaabot ang zipper ng suot na damit.

"**Bakit nung nagkita tayo non, umasta ka na hindi kayo magkakilala? Eh sabi mo sa kanya ka nagta-trabaho.**"

Huminto sya sa ginagawa at nagbuntong hininga. "**Utos nya. He told me never to greet him in public. Maybe because of this costume or whatsoever.**" Sinubukan ulit nyang abutin ang zipper. "**...Ang O.A. kasi nya, kala mo naman type ko sya. Ayoko nga sa masungit na kagaya nya.**"

Kaya pala parang wala lang sa kanya nung nilandi sya nitong Honey sa harapan ko. Galawang abnormal talaga ang isang yon. Paiba-iba ang takbo ng isip.

Kaya pala. Puro kalokohan talaga ang hayop na yon.

"**Paki-tanggal mo nga to!**" Utos sakin ni Honey.

Sa wakas humingi din ng tulong. Ako yung nahihirapan sa ginagawa nya. Gusto'ng-gusto ko ng abutin yung zipper ng damit nya kaso baka magalit naman sya sakin.

Akmang aabutin ko na yon ng biglang bumukas ang pinto at tuloy-tuloy na pumasok si Kuya Angelo.

"**Jay-jay, kumain ka na—.**" Napahinto sya ng makita si Honey. "**…Sorry.**"

"**Angelo… Nice to see you again.**" Nakangiting bati naman nitong Bubuyog sa kanya.

"**H-hi.**" Naiilang na bati ni Kuya.

Pilit nyang nililipat ang tingin sakin pero automatic naman ang mga mata nya sa pagbalik sa katawan ni Honey.

Nagsalubong ang kilay ko. Ibang klase talaga ang mga lalaki. Walang patawad kahit si Kuya.

Mga lalaki talaga!

"**Pagkain ko!**" Inis na sabi ko.

Inabot naman nya yung paper bag sakin at agad na bumalik sa kinatatayuan nya kanina.

"**S-sa labas muna ko.**" Sabi nya at mabilis na naglakad palabas.

Napatingin naman ako kay Honey na abot hangang tenga ang ngiti. Para ba syang kinikilig na hindi maintindihan. Eto na naman po sya! Mukang may bago na namang target.

"**Why do I have this weird feeling?**" Sabi nya at napataas naman ang isang kilay ko sa kanya. "**...Pag tinitignan ko si Angelo, parang nakikita ko si Keifer. Lalo na nung birthday party ni Keifer. Para silang magkapatid.**"

Natural lang yon, lagi sila magkasama dati.

"**Pati naman sila Yuri at Aries may pagkakahawig sa kilos ni Kuya Angelo.**"

Tinignan nya ko na parang nag-iisip. "**You don't get it. Keifer has this intimidating aura that I also feel everytime I see Angelo. Para silang connected.**"

Napaisip ako, meron ngang time na parang si Kuya si Keifer. Pero nakikita ko din yon kay Aries at Yuri. Minsan pati kay Percy pero hindi palagi.

"**Baka guni-guni mo lang yon.**" Sabi ko.

"**Alam mo, papasa syang kapatid ng tatlo. Nila Keifer, Keigan at Keiren. Tapos may hawig pa. Hindi kaya sya yung nawawalang kapatid nila.**"

Sasapakin ko tong babae na to! Kung ano-anong pumapasok sa isip.

"**Muka bang nawawalan ng kapatid sila Keifer?**" Sarcastic na sabi ko.

"**Whatever. Paki-tanggal na.**" Utos nya sabay talikod.

Ginawa ko ang inutos nya, malapit na ko sa pinaka-dulo ng muling bumukas ang pinto. Akala ko si Kuya Angelo ulit pero ibang tao ang bumungad samin.

"**What are you doing here?!**" Inis na tanong ni Honey kay Felix na nakatingin sa kanya mula ulo hangang paa.

"**Bakit ganyan ang suot mo?!**" Inis na balik nyang tanong sabay sara ng pinto.

Agad syang lumapit kay Honey at kinuha ang Trench coat sa kama.

Sinuot nyang pilit yon.

"**Magtakip ka nga! Nakakahiya ka!**" Dagdag pa nya.

"**Ano ba?! Nagbibihis ako!**" Suway ni Honey.

"**Dun ka na magbihis! Gusto ko yang suot mo—*este* nakakahiya kila Jay-jay! Baka dumating kapatid nya!**" Sabi nya habang patuloy sa pagsuot ng coat.

Ene dew?

Wala namang nagawa ang Honey ng damputin ni Felix ang mga damit nya pati narin ang bag nya. Hinawakan din nito ang kamay nya at pilit syang hinatak palabas.

"**Problema mo ba? Let me go!**" Pagpupumiglas nya pero malakas pa rin si Felix sa kanya.

Bago sila makarating sa pinto meron akong naalala. Isinigaw ko nalang yon para hindi sila maistorbo.

"**Felix! Paload mo ko!**" Sigaw ko.

"**Sige! 1000 pa!**" Sagot naman nya.

Tuluyan na silang naka-alis kaya naman natahimik na rin ako. Oras na para gawin ang nararapat.

Ang kumain! Let's eat!

+ +Don't forget to Vote, Comment and Share. ☻ + +

Fb Page: Ang Mutya ng Section E
Fb Group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter: @lareypot
Instagram: @lareypot
Author's FB Page: Lara Flores - eatmore2behappy

Cover VII

🎂 **Belated Happy Birthday**🎉

🎁Amanda
🎁Mikaella Mhaye
🎁Cassandra Saccora
🎁Jucille Friales
🎁Kristine
🎁Jemariel
🎁Xyren
🎁Denzel Castillo
🎁Maphony

Late ko na napansin yung mga pabati sa birthday. I'm shorre...

Anyway... Nasa 500+ lahat ng cover na naipon ko at hindi pa napo-post. Kaya asahan ang commercial. Hehehe.

Thank you so much for this cover. JasperKateMariano143

Thank you din sa cover na ito. lourizzzz

Thank you din sa mga cover na ito. @dreyadred

ANG MUTYA NG SECTION E

DARK SIDE

by:
EATMoRE2BEHAPPY

DREYADRED

ANG MUTYA NG
SECTION E
Written By:
eatmcrezbehappy
DREYADRED
DARKSIDE
with you is where I'd rather be

Thank you po sa mga cover na ito. @phoenixia_072

EATMORE2BEHAPPY





Thank you sa mga cover na ito. Rixxoxo

Ang Mutya Ng Section E
eatmore2behappy

Ang Mutya Ng Section E
eatmore2behappy


Ang Mutya Ng Section E
eatmore2behappy

Ang Mutya Ng Section E

eatmore2behappy

Ang Mutya Ng Section E
毕业季
eatmore2behappy

Ang Mutya Ng Section E
eatmore2behappy

Thank you so much. @angelcass_1love3


Ang Mutya Ng Section E
The DARK Side
eatmore2behappy



Thank you din sa cover na ito. Exclusive_well



Thank you din sa cover na ito. Mystically_Blue

Ang Mutya Ng Section E
The Dark Side
By:eatmore2behappy

Ang Mulya Ng Section E
The Dark Side
By: eatmore2behappy

To be continue...

Part Two End

GagongBaliw

Jay-jay's POV

1000pesos load. Ang taray! Tinotoo talaga ng Ulupong na Felix ang sinabi nya. Ang tanong, saan ko naman gagamitin to? Hindi naman ganito kalaki ang kailangan ko.

May unli call naman kasi sa halagang 100pesos. Ibang klase din naman kasi tong si Felix the cat. Anyway, at least may load na ko. Magagawa ko na ang dapat kong gawin para mahuli ang GagongBaliw.

Kung hindi ka si Keifer, ewan ko nalang.

Tinext ko muna ang ugok.

To: *GagongBaliw*
Message: *Hoy!*

Wala pang ilang sigundo ng sumagot sya.

From: *GagongBaliw*
Message: *Yes? My life.*

Tang'na! May ganun pa.

To: *GagongBaliw*
Message: *tatwag ako!*

Hindi na sya nagreply pa kaya sa tingin ko hinihintay na nya ang tawag ko.

Pinindot ko na ang call at idinikit ang cellphone sa tenga ko. Nagring yung ng ilang beses bago sagutin. As usual, wala pa ring nagsasalita.

"**Hoy! GagongBaliw! Alam kong nakikinig ka!**" Sabi ko pero

syempre walang nahgsalita. "**...meron akong sasabihing secret. Satin lang to! Wag mong pagkakalat.**"

Nakarinig ako ng mahinang pagtawa pero sandali lang yon. Naging seryoso ako at pinagpatuloy ko ang pagsasalita.

"**Meron kasi akong mahal, hindi ko sasabihin kung sino sya. Sinabi nyang mahal nya ko pero nalaman ko na niloloko lang pala nya ko. Ginamit nya ko pero hindi naman sya nagtagumpay.**" Unti-unti kong naramdaman ang paghigpit ng paghinga ko.

Alam kong ilang beses ko ng inuulit-ulit ang kwentong to pero hindi ko maiwasan. Nagsisimula na naman akong maiyak ng dahil lang sa pag-alala sa nangyari. Kainis! Huminga ako ng malalim para pigilan yon. Hindi ako pwedeng maiyak, kailangan kong maisagawa ng maayos ang plano ko.

"**...sinubukan kong alamin kung minahal ba nya talaga ako sa kabila ng nangyari pero sabi nya hindi daw. Nasaktan ako ng sobra pero anong magagawa ko, ganun talaga. Akala ko hangang dun nalang yon pero hindi sya tumigil. Pinapakita at pinaparamdam nya pa rin na may feelings sya sakin kahit iba yung sinabi nya.**"

Hindi ko na napigilan ang mapaluha. May ilang beses akong tumingala sa pagbabakasali na hindi sila tumulo pero walang saysay yon. *Pota!* Hindi waterfalls ang mata ko.

"**...Ayaw nyang kalimutan ko sya. Ang daya nya diba? Hangang sa nagpaalam sya na aalis muna. Pinaghintay nya ko. Okay lang naman sakin yon pero ang hindi ko maintindihan, kung bakit yung iba tinatawagan nya pero ako hindi.**"

Kinusot ko ang mata ko dahil sa inis. Naiinis ako dahil napaiyak na naman ako ng Tarantadong Hari ng mga Ulupong. Ang dami mo ng utang sakin hayop ka.

"**Tapos umuwi sya pero hindi naman nya ko hinarap. Hindi man lang sya nagpaliwanag sakin. Pakiramdam ko hindi naman nya talaga ako mahal.**" Napahagulgol ako sa sinabi ko.

Hindi naman dapat kasama yon pero nasabi ko ng hindi ko sadya. **"...Siguro, dapat na kong sumuko. Dapat ko na syang pakawalan."**

Bigla nalang namatay ang tawag. Hindi ko na napigilan ang sarili ko sa pag-iyak. Marami akong dahilan para sumuko pero ayoko talaga. Handa akong humanap kahit isang rason lang para maghintay pa sa kanya.

Pero sa nangyari nung isang araw. Pakiramdam ko wala na kong dahilan para gawin pa yon. Hindi ko man lang sya natulungan matapos ang ginawa nyang pagligtas sakin.

Hindi ako ang babae para sa kanya. Wala akong kwenta. Ang kapal nalang ng muka kong asahan pa syang magpatuloy sa kabila ng ginawa ko. Kailangan ko na rin syang patigilin.

Kung si Keifer ka nga! Pupunta ka ngayon dito dahil yon ang gagawin ng Hari'ng kilala ko.

Mahigpit ang hawak ko sa cellphone ko habang pingmamasdan ang pintuan. Kapag pumasok sya ngayon dyan, handa akong pagbayaran ang ginawa kong mali nung nakaraan at ipaglalaban ko sya pero kung hindi.....*susuko na ko.*

Oras ang dumaan pero walang pumapasok sa pinto. Tumigil na rin ako sa pag-iyak. Hindi ko pa rin inaalis ang tingin ko doon. Wala ring dumadating na message mula sa GagongBaliw.

Patunayan mo sakin na ikaw nga si Keifer!

Madilim na pero hindi pa rin sya pumapasok sa pinto ng kwarto namin. Buti ang mga nurse pabalik-balik para sa check up ko. Dumating na din si Aries kasama si Kuya at Ella pero lumabas ulit sila para maghapunan.

Sinubukan nila akong ayain pero pinili kong manatili sa kwarto. Nagbabakasali na darating sya.

Pero nakabalik na si Aries at nakauwi na din sila Ella at Kuya, wala pa ring dumadating na Keifer. Hindi nga sya ang nagte-text sakin.

"**Matulog ka na.**" Sabi ni Aries ng mapansin nyang dilat na dilat pa rin ako.

Tumalikod ako sa kanya habang nakahiga. Mahigpit ang yakap ko sa unan. Anu mang sandali kasi iiyak na ko.

2am na kaya wala ng darating na Keifer. Minabuti ko nalang na pilitin ang sarili kong matulog kahit ayaw pa ng diwa ko.

Hindi na sya darating.

Ilang beses akong nagising dahil sa babaw ng tulog ko. Akala ko makakatulog na ko pero magigising na naman ako. Pauli-ulit na ganun ang eksena. Ilang sandali pa ng marinig ko ang pagkilos ni Aries. Meron syang kausap sa cellphone nya at naglakad sya palabas.

Pinikit ko ulit ang mata ko para pilitin ang sarili ko matulog. Kailangan kong matulog nagbabasakali na pag-gising ko mawala ang bigat na nararamdaman ko sa dibdib. Hindi pa ganun kalalim ang pagtulog ko ng may maramdaman akong umupo sa tabi ko. Hinaplos din nya ang buhok ko at meron syang binulong.

"Wag mo kong sukuan, please."

Malamang nanaginip ako o naalimpungatan lang. Kilala ko ang boses nya pero hindi ako sigurado. Gusto kong gisingin ang sarili ko kung nanaginip man ako. Pero nanatili ang katawan ko sa parehong pwesto nito. Pati narin ang mga mata ko.

Naramdaman ko ang paghalik nya sa noo ko.

"...I can't live without you..."

May tubig na tumulo sa pisngi ko.

"...pagbalik ko, I will not just promise but I will *do* fight for you..."

Muli na naman nya kong hinalikan pero sa pagkakataon na to sa labi na nya ginawa yon. Mababaw lang at tila puno ng pag-aalinlangan.

"...but please, don't give up. I love you Jay..."

Nawala ang presensya nya sa tabi ko. Naramdaman ko din ang pagtayo nya mula sa kaninang kinauupuan nya.

"I love you until scientists find the end of the universe."

Pinilit kong gumising. Pinilit kong igalaw ang parte ng katawan ko. Nang maidilat ko ang mga mata ko, sya agad ang una kong hinanap. Pero walang sya, walang tao. Dilim lang ng kwarto ang sumalubong sakin.

Panaginip? Nananaginip ako?

Napahawak ako sa pisngi ko. May tubig.....*hindi ako nananaginip!* Sa kanya to! Alam kong sa kanya to!

Luha man to o laway o sipon alam kong sa kanya to! Dumating sya! Andito sya!

At putang'na!

Ninakawan ako ng halik ng Gago!

End of Part Two

+ +

⚠⚠Author's Note⚠⚠

So ayun! Ending na, wala ng karugtong!

Charot lang.... Syempre!

So ang dami kong plano nung nasa Part One pa lang ako pero nabago yun kasi gusto ko ng tapusin ang AMNSE, then nabago na naman ang isip ko.

Ang gulo ko no?

Pinili kong sundin yung naunang plano ko and Part Three was born. 😂😂

Next time hindi ko na announce plano ko. Hindi naman kasi

nasusunod. 😈😈

Okay..... Who cares.

So anong aabangan sa KINGINA'ng Part Three?

*****Jay-jay—***
(1) Matakaw pa rin.
(2) Si Keifer na ba talaga? Panu na si Yuri?
(3) Ang pagkikita nila ng kanyang Pudra!
(4) Ano nga ulit sakit mo?
(5) Malandi ka daw!—sabi nila.

*****Keifer—***
(1) Kamusta London?
(2) POV
(3) Explain din kapag my time.
(4) Yung away nila ng Pudra nya.
(5) Malaki ba?—ang pagmamahal mo kay Jay-jay.

*****Yuri—***
(1) Bakit ang gwapo mo pa rin?
(2) Ako nalang, pwede ba?
(3) Ano na? Paglalaban pa rin ba si Jay-jay?
(4) Pula pa rin ang hair? May abs pa rin?
(5) Mas malaki ba?—ang pagmamahal mo kay Jay-jay.

*****Percy—***
(1) Why you hate Baby Yuri so much?
(2) Ang paghina ng aircon

(3) Ang tapatang Ci-N at Percy. Labanan ng pandak. (Kahit hindi pandak si Percy)
(4) Panu na ang sakit?
(5) What to do with Freya?

**Aries—*
(1) Magkano pahula?
(2) Yung galit nya sa motherlili nila ni Jay. Kelan sila magbati?
(3) Wala na ba ang Tatay nya?
(4) Ella lang talaga? Wala na? Okay.
(5) jusko! Wala syang gusto ky Jay-jay, magkapatid sila!

Ulupongssss....

**Ci-N—*
(1) Heypi Birthday!—ay tapos na pala.
(2) Si Rakki—wala lang. Si Rakki lang.
(3) Tapatang Ci-N at Percy. The most awaited battle.

**David—*
(1) May balak bang umamin?
(2) Asan na gf mo?
(3) Pano magkaron ng sosyaling instinct?

**Felix—*
(1) Honey—yung pulot.

**Calix—*
(1) Why so Lande?
(2) Kamusta comeback?
(3) Just for you, just for you, who are you....

*__Edrix—__
(1) May pag-asa ba kay Freya?
(2) Lagot ka kay Percy.

*__Rory—__
(1) Stalker to mga Pre...

*__Eman—__
(1) Asan na yung pinapaluto ko?

*__Eren—__
(1) Wag na tayong chickboy.

*__Kit—__
(1) Dahil sa ginawa mong pag-amin, ikaw na ngayon si Kitty. 😁😁😁

*__Mayo—__
(1) Bawasan ang sweetness kay Kit, baka magka-diabetes.

*__Denzel—__
(1) Dadey.
(2) Lapit na, get ready na.

*__Josh—__
(1) Si Edy?
(2) May bago ng kaaway si Ci-N. Hindi na ikaw.

*__Drew—__
(1) Jusme! Yung utang mo! Nakakahiya naman!

*__Blaster—__
(1) Kamusta ang banda?
(2) Yung away nila ni Keigan, matutuloy na.

Para sa mga madalang mabanggit...

Ella—
(1) Anuna? Naagawan ka na ng eksena.

Rakki—
(1) Si Ci-N. Wala lang, si Ci-N lang.

Mica—
(1) Wag mo kunsintihin yung jowa mo sa kalandian nya ha? Masama ang sobra sa kalusugan.

Honey—
(1) Extra ka lang talaga, ewan ko kung bakit nasingit ka.

Freya—
(1) Talo ka ni Honey.

Grace—
(1) Manganganak na sya.

Kuya Angelo—
(1) Wag ka na tumingin sa ibang babae. Magkakaroon ka ng kwento.
(Title: His Tears)

Kaizer—
(1) Eto na! May eksena na ang Papa ni Keifer.

Jaspher—
(1) Tama ba spelling? Kelan ka magpapakita sa anak mo?

Hahahaha... Dami pala nila. Ngayon ko lang na-realize na napaka-daming character ng story'ng ito.

Feel kong magbawas....

Mwuhehehehe... 😈😈🤡

Ang Mutya ng Section E
(Part One)

Ang Mutya ng Section E
(Part Two)

Dark side

Ang Mutya ng Section E
(Part Three)
The Final Battle

Commercial muna.... Thank you dito **Ci-N Peralta**

Ang Mutya ng Section E (Part three) The final battle will be publish on August 2018.

Bakit ang tagal? Kailangan ko munang iedit yung Part one at Two. Napupuna kasi yung grammar.

Sisihin nyo autocorrect ng cellphone ko!!

Nagpapa-salamat ako ng marami sa inyo. Totoo nga yung sabi nila na wag a maghanap ng reader, kusa silang darating kung kelan hindi mo inaasahan.

Dumating kayo, sobra-sobra pa!

Love Yah Tropa! 🕶🕶🕶🕶

Cover VIII

Sabi sa inyo may commercial...

Last week of August po ang publish ng Part III

Thank you so much for this covers. krisha_angela03

Ang
MUTYA ng
Section E
eatmore2behappy


Ang Mutya Ng
Section E
Part II
The Dark Side
By:eatmore2behappy



Maraming salamat din sa mga cover na ito. @Lady_jwelyka


COVERED BY: LADY_JWELKA
Part 2
Ang Mutya Ng Section E
&
The Dark Side
Written By:
eatmore2behappy



Thank so much for this covers. louissa

AMNSE
THE DARK SIDE
WRITTEN BY:
eatmore2behappy



Thank you so much for this covers. @roShan932

Ang
Mutya
Ng
Section
eatmoretbehappy

Maraming salamat po dito. @christelmaegetopa

BABY CENTAUR
AMNSE

Jasper Jean Mariano

JAYJAY

Ang Magkapatid Na si Felix at Percy

Rakki At Ci-N

Kiejay Or Jayfer

Thank you po dito. @zy0805

Ang Mutya Ng Section E
The Dark Side
by: [illegible]

Ang isa pong ito ay walang wattyname.
Pero nagpapasalamat po ako sa gumawa.

+ + Don't forget to Comment, Vote & Share + +

Cover IX

Posted na po ang Part Three.

I have 1k plus Covers made by the Readers. Kaya marami tlga ito.

Thank you so much for this. @wordin or Kin Rdg



Thank you din po dito. @johannamae_16 or Johanna Mae Omila

Ang Mutya ng Section-E
(Dark Side)
EATMORE2BEHAPPY

Thank din po dito. Reignqt

@eatmore2behappy
Ang
Mutya
Section
E
The Dark Side


*eatmore2behappy
ANG
Mutya
ng
Section
•The Dark Side•

Ang Ahulya ng Section L

--The Dark Side--

The DARK Side
@EATMORE2BEHAPPY

Ang Mutya ng Section E

The DARK Side
Part 2

ANG
Mutya
NG
Section
OF
@EATMORE2BEHAPPY

@eatmore2behappy

Thank you so much for this cover. UmaruDreamer

eatmore2behappy
ANG MUTYA NG
Section E



Thank you din po sa cover na ito. TheCatIsLollipop


EATMORE2BEHAPPY
ANG
Mutya
NG
Section E
THE DARK SIDE
ARTWORK_BY:THECATISLOLLIPOP
PIC•COLLAGE

Thank you so much for this cover. purplelove_beth



Thank you din sa cover na ito. Krys_Cast



cover by: Krys_Cast



To be continue...

Cover X

Commercial

Madami to. More than 1k to.

Gusto ko sila post dito para makita nyo. Proud kasi ako sa gawa ng nga Tropa.

Thank you dito. @blureux



Thank you din po dito. @unfaithfulkiller


Ang Mutya Ng
SUMONE
EATMORE2BEHAPPY

Thank you din dito. @mheynelva_rosel

AMNSE
THE DARK SIDE
EATMORE2BEHAPPY

AMNSE

The Dark Side

eatmore2behappy

AMNSE

The Dark Side

by:eatmore2tobehappy

Thank you po dito. TaeTaeJR

EATMORE2BEHAPPY

ANG MUTYA NG SECTION E

Thank you din po dito. OkamiXII



Thank you din po dito. Ang hot yata ni Keifer dito. Haha
Dark_Yume

Jasper
KYRIE MEII
Jean
Mariano



Thank you po dito. @scarlet_cacai26

eatmore2behappy
Ang Mutya
Ng Section E
DARKSIDE

ANG MUTYA NG SECTION E
Dark Side
eatmore2behappy


Ang Mutya ng Section E
Dark Side
eatmore2behappy

Thank you din po dito. Katrina_Ysabel1


@Katrina_Ysabell
Ang Mutya
Ng Section E
Dark Side
(Part II)
By:Eatmore2behappy

To be continue....